

مشروع منهاج زادك

Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at
Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan
sa Rawḍah

Magpaunawa Ka sa Akin sa Relihiyon Ko

Ang Unang Nibel

Ang Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng
tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng
kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng
katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at
Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating
si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal
na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa
kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw
ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng
kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa
kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si
Allāh:

(فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ
ۚ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلِّبَكُمْ وَمَتَوَاكُم)

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.}

(Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawḍah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika. Sa paghahangad ng pag-angat ng

proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang Basaer para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga impormasyong ipinapasok ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap

tayo ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad at ng mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at sa mag-anak niya at Kasamahan niya sa kalahatan.

Sa pagsisimula:

Nasa harapan mo, mahal kong mag-aaral, ang Unang Aklat mula sa mga kurikulum – ang mga kurikulum pampagtuturong ito na naglalayon na magturo sa mga Muslim ng kinakakailangan niya sa Relihiyon niya, magtatag ng isang maka-Islām na matatag na edukasyon, at magbuo ng personalidad ng mag-aaral alinsunod sa kurikulum na pang-edukasyong pang-Islām.

Naisagawa na ang paghahari sa aklat sa mga yunit pampagtuturong sinarisari ayon sa mga larangan ng pag-aaral panrelihiyon, gaya ng sa sumusunod:

- Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan Naglalaman ito ng paglilinaw sa katayuan ng Marangal na Qur'ān, pinaiksing pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fātiḥah at ilan sa maiikling sūrah, kalakip ng paghango ng mga katuturang pangkaalaman at pang-edukasyon mula sa mga talata ng Qur'ān.

- Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak Tumatalakay ito sa kahalagahan ng pananampalataya at mga haligi nito at isang pagbubuod sa mga epekto ng pananampalataya sa bawat haligi ng Paniniwala ng Muslim, Pag-uugali niya, at pananaw niya sa buhay.

- Ang Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta Dito ay may isang pinaiksing pagpapakilala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' at pinakamahalaga sa mga katangian niya at mga kakanyahan niya upang magpatibay sa katayuan niya sa emosyon ng mag-aaral at mag-udyok dito sa pagtulad sa kanya. Pagkatapos may pag-aaral ng apat na ḥadīth na naglilinaw sa kainaman ng pagbabasa ng Qur'ān, pinakamahalaga sa mga tagatakip-sala sa mga pagkakasala, mga epekto ng kagandahan ng pagpapalagay kay Allāh, at mga uri ng mga tao na kaaawaan ni Allāh laban sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon.

- Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakaran Naglalaman ito ng pinakamahalaga sa

kinakailangan sa Muslim na matutunan tungkol sa ṭahārah at ṣalāh, halimbawa:

Ang wuḍu, ang ghushl, at ang ṣalāh

- Ang Yunit ng mga Etiketa Naglalaman ito ng pinakamahalaga sa mga etiketang pang-araw-araw, tulad ng: etiketa sa pagkain, pag-inom, pagpaalam, pakikipag-usap, pakikitungo, at paggamit ng palikuran.

Nagsikap nga kami sa pagpapalabas sa mga aklat na ito sa isang anyong umaalinsunod sa mga saligang pangkaalaman at mga sukatang pang-edukasyong makabago. Nagsaalang-alang kami

sa paghahanda sa mga ito ng sumusunod:

Ang pagsisimula ng mga aralin - kapag humihiling ang pangangailangan niyon - sa pamamagitan ng isang pagpapaumpisang pupukaw sa pagpapahalaga sa aralin.

Ang paglalagay ng mga pigura at mga tsart ng mga konsepto na tutulong sa iyo sa pag-unawa ng nilalamang pangkaalaman.

Naglalaman ito ng mga aktibidad pampagtuturo nang may layunin ng pagsasakatotohanan sa mga layong pang-edukasyon alinsunod sa estratehiya ng pag-aaral na masigla.

Nagsaalang-alang nga kami sa mga ito ng sumusunod:

Ang integrasyon ng mga ito kasama ng nilalaman sa pagsasakatotohanan sa mga layon ng aralin kasama ng pagkakaugnay ng mga ito sa kalikasan ng asignatura.

Ang pagpapalago ng mga aspeto ng personalidad mo at mga magkakaiba-ibang kasanayan.

Ang pagkasarisari sa pamamaraan ng pagpapatupad nito sa pagitan ng pang-individuwal at panlipunan, ang pagkasarisari ng lugar ng pagpapatupad nito sa loob at labas ng klase,

at ang pagkasarisari ng mga anyo nito sa pagitan ng aktibidad na pansulat, pansalita, pangkilos, at pang-isip.

Ang paglalagay ng mga tanong ng pagtatasa (assessment) sa katapusan ng bawat aralin upang sulitin ang saklaw ng pagkaunawa sa aralin at pagsasakatotohanan sa mga layon nito.

Tunay na kami, yayamang naghain kami sa iyo ng aklat na ito, ay umaasa kami na ito ay maging isang tagapagsakatotohanan ng pinagpunyagian namin na kadalian ng asignaturang akademiko, kaliwanagan ng pamamaraan

ng paglalalahad, pagkaaktibo ng mga aktibidad, at pagkamasaklaw ng pagtatasa (assessment).

Dumadalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng mga ito sa mga tagapaghanap ng kaalaman at tumanggap Siya mula sa amin, tunay na Siya ay ang Madinigin, ang Maalam.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya nang sama-sama.

Basaer Educational and Instructional Consultancy

Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makahango ka ng patunay sa katayuan ng Marangal na Qur'ān;

2. makapag-isa-isa ka mga sa malilinaw na pagpaparangal sa mga alagad ng Marangal na Qur'an:

3. makapagdakila ka sa Marangal na Qur'ān.

4. umibig ka sa Marangal na Qur'ān at mga alagad nito.

Ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakadakila sa mga makalangit na kasulatan sa antas sapagkat ito ay ang Salita ni Allāh, na pinababa sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' para sa kapatnubayan ng lahat ng nilikha. Ito ay isang aklat na mahimala, na walang nakakakayang isa man na umakda ng tulad nito.

Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay Pananalita ni Allāh

Ang Paghihimala ng Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay Liwanag at Kapatnubayan

Ang Pagkaingat ni Allāh sa Marangal na Qur'ān

Ang Pagpaparangal sa mga Alagad ng Qur'ān sa Mundo at Kabilang-buhay

1. Ang Marangal na Qur'ān ay Pananalita ni Allāh

Dahil doon, ito ay ang pinakamaharlika at ang pinakadakilang pananalita. Kabilang sa mga

patunay ng kadakilaan nito ang tindi ng pag-eepekto nito sa sinumang nakaririnig nito at nakaiintindi nito.

2. Ang Paghihimala ng Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakadakila sa mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Humamon nga si Allāh sa tao at jinn na maglahad ng tulad nito ngunit nawalang-kakāyahan sila. Nagsabi si Allāh:

(قُلْ لَّيْنِ اجْتَمَعَتِ الْإِنْسُ وَالْجِنُّ عَلَى أَنْ يَأْتُوا بِمِثْلِ هَذَا الْقُرْآنِ لَا يَأْتُونَ بِمِثْلِهِ وَلَوْ كَانَ بَعْضُهُمْ لِبَعْضٍ ظَهِيرًا)

{Sabihin mo: “Talagang kung nagtipon ang tao at ang jinn para maglahad ng tulad ng Qur'ān na ito ay hindi sila makapaglalalahad ng tulad nito at kahit pa ang iba sa kanila para sa iba pa ay naging mapagtaguyod.”} (Qur'ān 17:88)

Pagkatapos humamon Siya sa kanila na maglahad ng sampung sūrah ngunit nawalang-kakāyahan sila, pagkatapos humamon Siya sa kanila na maglahad ng iisang sūrah ngunit nawalang-kakāyahan sila.

3. Ang Marangal na Qur'ān ay Kapatnubayan Para sa mga Nilalang

Ginawa ni Allāh ang Qur'ān bilang paglilinaw para sa batas Niya, bilang kapatnubayan, at bilang awa para sa mga mananampalataya.

(وَنَزَّلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ تَتِيْنًا لِّكُلِّ شَيْءٍ وَهُدًى وَرَحْمَةً وَبُشْرَى
لِّلْمُسْلِمِيْنَ)

{Nagbaba Kami sa iyo ng Aklat bilang pagpapalinaw para sa bawat bagay, bilang patnubay, bilang awa, at bilang balitang nakagagalak para sa mga Muslim.} ((Qur'ān 16:89)

4. Ang Pagkaingat ni Allāh sa Marangal na Qur'ān

Nagtangi si Allāh sa Marangal na Qur'ān sa pagkakaingat dito mula sa pagpilipit na naganap sa Torah at Ebanghelyo. Naggarantiya si Allāh niyon sapagkat nagsabi Siya:

(إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ)

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.} (Qur'ān 15:9)

5. Ang Pagpaparangal sa mga Alagad ng Qur'ān sa Mundo at Kabilang-buhay

Ang mga alagad ng Qur'ān ay ang mga tagabigkas ng Qur'ān, ang mga tagapagsaulo nito, ang mga nakaaalam ng pagpapakahulugan nito at mga agham nito, at ang mga tagapagsagawa ng mga patakaran nito. Nagbiyaya nga si Allāh sa mga alagad ng Qur'ān ng pag-angat sa Mundo at pagwawagi sa Kabilang-buhay.

Kaya ang mga alagad ng Qur'ān ay ang mga pinakamabuti sa Kalipunang Muslim. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang natuto ng Qur'ān at nagturo nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 5027.)

Ang Qur'ān ay mamamagitan sa mga alagad nito sa Araw ng Pagbangon. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Bigkasin ninyo ang Qur'ān sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagbangon bilang mapagpamagitan sa mga tagatangkilik nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 804.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at magtatala ako.

Natipon sa Marangal na Qur'ān ang kamaharlikaan mula sa lahat ng mga anyo. Sa

ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, magsaliksik ka niyon at magtala ka nito sa sumusunod na talahanayan:

Ang Kamarhalikaan

Ang Kamaharlikaang Panlugar:

Ang Kamaharlikaang Pampanahon:

Ang Wika na Doon Bumababa Ito:

Ang Anghel na Nagbaba Nito:

Ang Sugo na Binabaan Nito:

Ang Pagpapaliwanag Niyon Nagsimula ang pagbaba nito sa Makkah, ang Bayang Pinakababanal ni Allāh. Nagsimula ang pagbaba nito sa buwan ng Ramaḍān. Bumaba ito sa wikang Arabe, na wika ng mga maninirahan sa Paraiso. Si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga). Ang Pangwakas sa mga Sugo, si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang Kalipunan ng Islām, na pinakamabuting kalipunang pinalabas para sa mga tao.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang nagtipong mga tao sa isang bahay mula sa mga bahay ni Allāh, na bumibigkas ng Aklat ni Allāh at nag-aaralan nito sa gitna nila malibang pumalibot sa kanila**

ang mga anghel, bumaba sa kanila ang katiwasayan, bumalot sa kanila ang awa, at bumanggit sa kanila si Allāh sa sinumang nasa piling Niya." (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2699.) Matapos ng pagbubulay-bulay sa ḥadīth, tugunin mo ang sumusunod:

1. Humango ka mula sa ḥadīth ng kainaman ng pagbigkas ng Qur'ān at ng pagkatuto nito.

A. Ang Pagbaba ng mga Anghel at ang Pagdalo sa mga Pagtitipon sa Marangal na Qur'ān.

B. Ang Pagbaba ng Katiwasayan at Awa sa mga Tagabigkas ng Marangal na Qur'ān.

C. Ang Pagbanggit ni Allāh sa Langit ng mga Tagabigkas ng Marangal na Qur'ān.

2. Makikipagtalakayan ka kasama ng kaklase mo kaugnay sa pagbanggit ng tatlo sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān at mga pagtitipon ng pag-aaral nito.

Ang Pagkakaroon ng Wuḍū' - Ang Pag-upo sa Katiwasayan at Kahinahunan - Ang Pagmumuni-muni at ang Kataimtiman sa Sandali ng Pagbigkas

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

1. Bumaba ang Marangal na Qur'ān sa buwan ng Sha`bān. (X)

2. Bumababa ang katiwasayan at ang awa sa mga Tagabigkas ng Marangal na Qur'ān.

3. Mamamagitan ang Qur'ān sa mga alagad nito sa Araw ng Pagbangon.

4. Nakakaya ng jinn na maglahad ng tulad sa mga Marangal na Qur'ān. (X)

5. Naglalaman ang Marangal na Qur'ān ng patnubay ay kabutihan dahil ito ay Salita ni Allāh.

PANUTO 2: Kumpletuhin ang dalawang sumusunod na teksto:

1- Nagsabi si Allah (t):

(إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ.....).

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.}

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang natuto ng Qur'ān at"**

PANUTO 3: Ipahayag mo sa tatlong parirala ang pagdakila mo sa Marangal na Qur'ān at ang pag-ibig mo sa mga alagad nito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pakahulugan ng Sūrah Al-Fātiḥah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpakahulugan ka sa Sūrah Al-Fātiḥah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;
2. makapaglinaw ka ng ilan sa mahihinuha mula sa mga āyah ng Sūrah Al-Fātiḥah;
3. makapagdakila ka sa halaga ng Sūrah Al-Fātiḥah;

Ang Sūrah Al-Fātiḥah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ١ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ٢ الرَّحْمَنِ
الرَّحِيمِ ٣ مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ ٤ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ٥ أَهْدِنَا
الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ٦ صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ
عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ٧

1. Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)

2. Alḥamdu lillāhi rabbi –l`ālamīn, (Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.)

3. Arraḥmāni –rraḥīm, (ang Napakamaawain, ang Maawain,)

4. Māliki yawmi –ddīn. (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.)

5. Iyyāka na`budu wa-iyyāka nasta`īn. (Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.)

6. Ihdina –şşirāta –lmustaqīm, (Patnubayan Mo kami sa landasing tuwid:)

7. Şirāṭa –lladhīna an`amta `alayhim ghayri –lmaghḍūbi `alayhim wa-la –ḍḍāllīn. (ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.)

(Qur'ān 1:1-7)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Ang Sūrah Al-Fātiḥah ay ang pinakadakila sa mga sūrah ng Marangal na Qur'ān. Naglalaman ito

ng mga saligan ng Tawḥīd at pagsamba kay Allāh (napakataas Siya).

(بِسْمِ اللَّهِ،)

{Bismi –llāhi... (Sa ngalan ni Allāh,...)}

Sa ngalan ni Allāh, nagsisimula ako sa pagbigkas ng Qur'ān habang nagpapatulong sa Kanya (napakataas Siya) at naghahangad ng pagpapala sa pamamagitan ng pagbanggit sa ngalan Niya.

(الرَّحْمَنِ،)

{...[A]rraḥmāni... (Sa ngalan ni Allāh,...)}

Ang may awang pangkalahatan na sumaklaw sa lahat ng nilikha.

(الرَّحِيمِ،)

{...[A]rraḥīm. (...ang Maawain.)}

Ang may awa sa mga mananampalatayang lingkod Niya.

(الْحَمْدُ لِلَّهِ،)

{Alḥamdu lillāhi... (Ang papuri ay ukol kay Allāh,...)}

Ang pagpapasalamat at ang pagbubunying maganda ay ang naaangkop kay Allāh (napakataas Siya).

(رَبِّ الْعَالَمِينَ)،

{...rabbi -l`ālamīn, (...ang Panginoon ng mga nilalang.)}

Ang nag-aalaga sa daigdig natin at lahat ng mga iba pang daigdig.

(مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ)،

{Māliki yawmi -ddīn. (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.)}

Ang magsasagawa – tanging Siya – ng pagtutuos at pagganti sa Araw ng Pagbangon.

(إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ)،

{Iyyāka na`budu wa-iiyāka nasta`in. (Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.))}

Sumasamba kami sa Iyo – tanging sa Iyo: walang katambal para sa Iyo – at nagpapatulong kami sa Iyo sa bawat bagay-bagay.

(أَهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ)،

{Ihdina –şşirāta –Imustaqīm, (Patnubayan Mo kami sa landasing tuwid:))}

Gabayan Mo kami tungo sa tumpak na daan, ang Islām, at paggawa ayon sa mga batas Niya.

(صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمَ)،

{Şirāṭa –lIadhīna an`amta `alayhim... (ang landasin ng mga biniyayaan Mo,...))}

Ang mga pinatnubayan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) tungo sa Islām at paggawa ayon dito. Sila ay ang mga propeta at ang mga tagasunod ng mga ito.

(غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ)،

{...ghayri -lmaghḍūbi `alayhim... (...hindi ng mga kinagalitan,...)}

Ang bawat sinumang nakaalam sa katotohanan ngunit hindi sumunod dito, gaya ng mga Hudyo.

(وَلَا الضَّالِّينَ)،

{...wa-la -ḍḍāllīn. (...at hindi ng mga naliligaw.)}

Ang bawat sinumang naligaw sa pagkaalam sa katotohanan, gaya ng mga Kristiyano.

Kabilang sa mga kainaman ng Sūrah Al-Fātiḥah:

Natangi ang Sūrah Al-Fātiḥah sa pagkakinakailangan ng pagbigkas nito sa lahat ng mga rak`ah ng ṣalāh. Ito ay ang pinakadakila sa mga sūrah ng Qur`ān at ang pinakamarami sa mga ito sa kalamangan. Kabilang sa nasaad sa kalamangan nito ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): Hinati Ko ang ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati at ukol sa lingkod Ko ang hiniling nito. Kaya kapag nagsabi ang lingkod: {2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng**

mga nilalang,}, magsasabi [Akong] si Allāh (napakataas Siya): "Nagpuri sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {3. ang Napakamaawain, ang Maawain,}, magsasabi [Akong] si Allāh (napakataas Siya): "Nagbunyi sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {4. ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}, magsasabi [Akong si Allāh]: "Nagparingal sa Akin ang lingkod Ko." Nagsabi pa Siya minsan: "Nagpaubaya sa Akin ang lingkod Ko." Kapag naman nagsabi ito: {5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}, magsasabi [Akong si Allāh]: "Ito ay sa pagitan Ko at ng lingkod ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya." Kapag naman nagsabi ito: {6. Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid: 7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, ito ay ukol sa lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya.} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 395.)

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

1. Ang pagsisimula sa ngalan ni Allāh (napakataas Siya) sa bawat gawain gaya ng pagbabasa, paggawa, pagkain, at pag-inom.

2. Ang lawak ng awa ni Allāh sa lahat ng nilikha Niya, lalo na sa mga mananampalatayang lingkod Niya.

3. Ang pagkakinakailangan ng paghahanda para sa Araw ng Pagbangon sapagkat ito ay ang Araw ng Pagganti.

4. Ang pagsamba ay hindi pinapayagan malibang ukol kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

5. Ang pagkakinakailangan ng pagtulad sa mga propeta at ang pag-iwan sa mga landas ng mga tagatangging sumampalataya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at mag-uugnay ako.

Mag-uugnay ka sa pagitan ng āyah at kahulugan na nagpapahiwatig doon.

Ang Āyah

Ang Kahulugan

(الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ٢)

2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,

Si Allāh ay may mga pangalang pinakamagaganda.

(الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ ٣)

3. ang Napakamaawain, ang Maawain,

Si Allāh ay mag-isang karapat-dapat sa pag-samba.

(إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ٥)

5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.

Si Allāh ay namumukod-tangi sa pagkapanginoon.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at mag-uugnay ako.

Nagtagubilin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) na magsabi ito matapos ng bawat ṣalāh: **"Allāhumma a`innī `alā dhikrika wa-shukrika wa-ḥusni `ibādatika. (O Allāh, tulungan Mo ako sa pag-alaala sa Iyo, pagpapasalamat sa iyo, at kagandahan ng pag-samba sa Iyo.)"**

Ano ang āyah na nagpapahiwatig sa kahulugang ito mula sa Sūrah Al-Fātiḥah?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Magdugtong ng bawat salita mula sa kulumna A sa kahulugan nito sa kulumna B:

Kulumna A

(الرَّحْمَنُ) (الرَّحِيمُ) (الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ) (الضَّالِّينَ) (أَهْدِنَا)

{ang Napakamaawain}

{ang Maawain}

{hindi ng mga kinagalitan}

{mga naliligaw}

{Patnubayan Mo kami} Kulumna B

Ang sinumang nakaalam sa katotohanan ngunit hindi sumunod dito.

Naaawa Siya sa mga mananampalatayang lingkod Niya.

Gabayan Mo kami.

Ang awa Niya ay sumakop sa bawat bagay.

Ang sinumang sumamba kay Allāh ayon sa kamangmangan at pagkaligaw.

PANUTO 2: Isulat mo ang marangal na āyah na nagpapahiwatig sa sumusunod:

1. sa lawak ng awa ni Allāh;
2. Ang pagkakinakailangan ng pagtahak sa daan ng mga propeta at mga maayos na tao;

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa sabi ni Allāh:

(إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ٥).

{5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al- Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpakahulugan ka ng mga āyah ng Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

2. makapaglinaw ka sa kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)';

3. makapagpawalang-kaugnayan ka sa kawalang-pananampalataya at mga alagad nito;

4. makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

Ang Sūrah Al-Kawthar

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ ۝ فَصَلِّ لِرَبِّكَ
وَأَنْحَرْ ۝ إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ ۝

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Inna a`ṭaynāka –lkawthar. (Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar.)}

{2. Fa-ṣalli lirabbika wa-nḥar. (Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay.)}

{3. Inna shāni'aka huwa –l'abtar. (Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot sa pagpapala.)}

(Qur'ān 108:1-3)

Ang Paglilininaw at ang Pagpapakahulugan

Nagbibigay-diin ang marangal na sūrah sa kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at katayuan niya sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) sa Mundo at Kabilang-buhay.

(إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ)،

{1. Inna a`ṭaynāka -lkawthar. (Tunay na Kami ay nagbibigay sa iyo ng Kawthar.)}

Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay nagbibigay sa Sugo nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng maraming kabutihan sa Mundo at Kabilang-buhay. Kabilang doon ang ilog ng Kawthar sa Paraiso.

(فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحَرْ 2)،

{2. Fa-ṣalli li-rabbika wa-nḥar. (Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay.)}

Kaya magpanatili ka ng ṣalāh para kay Allāh (napakataas Siya) bilang pasasalamat sa Kanya, mag-alay ka ng katay mo para kay Allāh, at huwag kang gumawa ng katambal kasama sa Kanya.

(إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ 3)،

{3. (Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot sa pagpapala.)}

Tunay na ang naiinggit sa iyo at ang nasusuklam sa iyo ay ang naputol ang bakas niya at ang kabutihan niya sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang Sūrah Al-Kāfirūn

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ ١ لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ
٢ وَلَا أَنْتُمْ عِبُدُونَ مَا أَعْبُدُ ٣ وَلَا أَنَا عَابِدٌ مَّا عَبَدْتُمْ ٤ وَلَا أَنْتُمْ
عِبُدُونَ مَا أَعْبُدُ ٥ لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ ٦

{Bismi -llāhi -rrahmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Qul yā'ayyuha -lkāfirūn, (Sabihin mo: "O mga tagatangging sumampalataya,))}

{2. Lā a`budu mā ta`budūn, (hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo,))}

{3. Wa-lā antum `ābidūna mā a`bud; (ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko;))}

{4. Wa-lā ana `ābidum mā `abattum, (ni ako ay sasamba sa sinamba ninyo,))}

{5. Wa-lā antum `ābidūna mā a`bud; (ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko;))}

{6. Lakum dīnukum wa-liya dīn. (Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko."))}

(Qur'ān 109:1-6)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagpapatibay ang marangal na sūrah sa Tawhīd sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya – at sa kawalang-kaugnayan sa kawalang-pananampalataya at mga alagad nito:

(قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ (١) لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ (٢))

{1. Qul yā'ayyuha –lkāfirūn, (Sabihin mo: "O mga tagatangging sumampalataya,))}

{2. Lā a`budu mā ta`budūn, (hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo,))}

Sabihin mo, O Muḥammad, sa mga tagatangging sumampalataya: "Ako ay hindi sumasamba sa sinasamba ninyo na mga anito."

((3) وَلَا أَنْتُمْ عِبْدُونَ مَا أَعْبُدُ

{3. Wa-lā antum `ābidūna mā a`bud; (ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko;))}

Ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko, na si Allāh, na karapat-dapat sa pagsamba – tanging sa Kanya: walang katambal para sa Kanya.

((4) وَلَا أَنَا عَابِدٌ مَا عَبَدْتُمْ

{4. Wa-lā ana `ābidum mā `abattum, (ni ako ay sasamba sa sinamba ninyo,))}

Hindi ako sasamba sa sinamba ninyo na mga anito.

((6) وَلَا أَنْتُمْ عِبْدُونَ مَا أَعْبُدُ (5) لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ (6))

{5. Wa-lā antum `ābidūna mā a`bud; (ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko;)} }

{6. Lakum dīnukum wa-liya dīn. (Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko.")} }

Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo na ipinagpilitan ninyo samantalang ako ay walang-kaugnayan doon. Mayroon akong relihiyon na pinababa ni Allāh sa akin at hindi ako magpapalit niyon.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

1. Ang kadakilaan ng halaga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ganang kay Allāh (napakataas Siya).

2. Si Allāh ay nagtatanggol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Mundo.

3. Nagtangi si Allāh (napakataas Siya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa ilog ng Kawthar sa Paraiso.

4. Ang pagkatay ay isang pagsambang kinakailangang ibaling kay Allāh lamang.

5. Kinakailangan sa Muslim na magmarangal sa pagkakaanib sa Islām.

6. Kinakailangan sa Muslim na magpakawalang-kaugnayan sa anumang sinasamba bukod pa kay Allāh ng mga tagatangging sumampalataya.

7. Kinakailangan sa Muslim na magbaling ng pagsamba niya kay Allāh lamang.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at aasa ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allah (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang Kawthar ay isang ilog sa Paraiso. Ang mga pangpang nito ay yari sa ginto. Ang daluyan nito ay nasa ibabaw ng mga mutya at mga rubi. Ang lupa nito ay higit na mabango kaysa sa musk. Ang tubig nito ay higit na matamis kaysa sa pulut-pukyutan at higit na maputi kaysa yelo."** (Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 3361 at Imām Ibnu Mājah 4334.)

Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth na ito at ang nasaad dito na kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' at ng Kalipunan niya. Pagkatapos asahan mo ang mga katangian ng mga pararangalan ni Allāh ng pag-inom sa ilog ng Kawthar sa Paraiso.

Aktibidad 2: Mag-ugnay ka sa pagitan ng teksto at kahulugan nito:

Mag-ugnay ka sa pagitan ng teksto at kahulugan na ipinahihiwatig nito:

Ang Teksto

(لَا يَنْهَكُمُ اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ لَمْ يُقَاتِلُوكُمْ فِي الدِّينِ وَلَمْ يُخَرِّجُوكُمْ مِّنْ دِيَارِكُمْ أَن تَبَرُّوهُمْ وَتُقْسِطُوا إِلَيْهِمْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ)

{Hindi sumasaway sa inyo si Allāh, sa mga hindi nakipaglaban sa inyo sa Relihiyon at hindi nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na magsamabuting-loob kayo sa kanila at magpakamakatarungan kayo sa kanila. Tunay na si Allāh ay umiibig sa mga nagpapakamakatarungan.} (Qur'ān 60:8) Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ (٢)

{2. hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo,} (Qur'ān 109:2) {Ayon kay Asmā' bint Abī

Bakr na nagsabi: Pumunta sa akin ang ina ko samantalang ito ay isang tagapagtambal sa panahon ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' kaya nagpatagubilin ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'. Nagsabi ako: "Kaya makikipag-ugnayan ba ako sa ina ko?" Nagsabi siya:

"Oo; makipag-ugnayan ka sa ina mo."}
(Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 2620.)
Ang Kahulugan

Pinapayagan ang pakikipag-ugnayan sa kamag-anak na tagapagtambal.

Pinapayagan ang paggawa ng maganda sa tagatangging sumampalataya na hindi nakikipagdigmaan.

Kinakailangan ang pagpapawalang-kaugnayan sa relihiyon ng mga tagapagtambal.

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako at magtatangi ako.

Nagbibigay-diin ang Sūrah Al-Kāfirūn sa kawalang-kaugnayan sa mga relihiyong sumasalungat sa Islām bagamat kinakailangan sa

atin ang kagandahan ng pakikitungo sa mga hindi Muslim sa lipunan natin.

Talakayin mo iyon kasama ng tagapagturo mo upang makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng katayuan ng paniniwala at katayuan ng pakikitungo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

1. Ang Muslim ay nagmamarangal sa Relihiyon niya at kumakapit sa paniniwala niya. (✓)

2. Ang pagkakatatay ay isang pagsamba tulad ng ḥajj at ṣalāh. (✓)

3. Natatangi ang ilog ng Kawthar sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' hindi sa Kalipunan niya. (X)

4. Ang kagandahan ng kaasalan ay sa Muslim hindi sa iba pa sa kanya. (X)

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng dalawang sumusunod na āyah nang maiksi:

(إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ ۝۳). (لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ ۝۶).

{3. Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot sa pagpapala.}

{6. Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko."}

PANUTO 3: Isulat mo ang āyah na nagpapatunay sa bawat isa sa sumusunod:

1. Ang pag-uutos ng pagdarasal at pagkakatatay para kay Allāh lamang.

2. Ang pagkakinakailangan sa kawalang-kaugnayan sa mga diyos ng mga tagatangging sumampalataya.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpakahulugan ka ng mga āyah ng Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

2. makapaglinaw ka sa pagtatanggol ni Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)';

3. makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

4. matuwa ka sa pananaig ng Islām at mga Muslim;

Ang Sūrah An-Naṣr

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِذَا جَاءَ نَصْرُ اللَّهِ وَالْفَتْحُ ۝ وَرَأَيْتَ
الْنَّاسَ يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا (2) فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ
وَاسْتَغْفِرْ لَهُ إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا (3)

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Idhā jā'a naṣru –llāhi wa-lfatḥ (Kapag dumating ang pag-aadya ni Allāh at ang pagsakop)}

{2. Wa-ra'ayta –nnāsa yadkhulūn fī dīni –llāhi afwājā (at nakakita ka sa mga tao na pumapasok sa Relihiyon ni Allāh nang mga pulu-pulutong)}

{3. Fa-sabbih bi-ḥamdi rabbika wa-staghfirhu innahū kāna tawwābā. (ay magluwalhati ka

kalakip ng papuri sa Panginoon mo at humingi ka ng tawad sa Kanya. Tunay na Siya ay laging Palatanggap ng pagbabalik-loob.))}

(Qur'ān 110:1-3)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagdadala ang marangal na sūrah na ito ng isang balitang nakagagalak para sa mga Muslim hinggil sa pag-aadya at paglaganap ng Islām sa gitna ng mga Arabe.:

(إِذَا جَاءَ نَصْرُ اللَّهِ وَالْفَتْحُ ۝١)

{1. Idhā jā'a naṣru -llāhi wa-lfatḥ (Kapag dumating ang pag-aadya ni Allāh at ang pagsakop))}

Kapag nangyari ang pag-aadya ni Allāh sa mga Muslim laban sa mga tagapagtambal ng Quraysh at ang pagsakop ni Allāh para sa inyo ng Makkah.

(وَرَأَيْتَ النَّاسَ يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا ۝٢)

{2. Wa-ra'ayta –nnāsa yadkhulūn fī dīni –llāhi afwājā (at nakakita ka sa mga tao na pumapasok sa Relihiyon ni Allāh nang mga pulu-pulutong))}

Nasaksihan mo ang pagpasok ng mga tao sa Islām bilang mga individuwal at mga pangkat.

(فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَأَسْتَغْفِرْهُ)

{3. Fa-sabbih bi-ḥamdi rabbika wa-staghfirhu (ay magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo at humingi ka ng tawad sa Kanya.)}

Magpawalang-kinalaman ka sa Panginoon mo (kaluwalhatian sa Kanya) sa alinmang katambal, magpasalamat ka sa Kanya sa biyaya ng pag-aadya at pagsakop, at humiling ka sa Kanya ng paumanhin at kapatawaran

(إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا ۝۳)

{3. innahū kāna tawwābā. (Tunay na Siya ay laging Palatanggap ng pagbabalik-loob.)}

Tunay na si Allāh ay ang Tawwāb: ang tumatanggap ng pagbabalik-loob ng mga lingkod Niya at tumatanggap ng paghingi nila ng tawad.

Ang Sūrah Al-Masad

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ ١ مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ
مَالُهُ وَمَا كَسَبَ ٢ سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ ٣ وَأَمْرَأتُهُ حَمَّالَةَ
الْحَطَبِ ٤ فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ ٥

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Tabbat yadā abī lahabin wa-tabb! (Nasawi ang dalawang kamay ni Abū Lahab at nasawi siya!}}

{2. Mā aghnā `anhu māluhū wa-mā kasab. (Hindi nakapagdulot para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya.)}

{3. Sa-yaṣlā nāran dhāta lahāb. (Masusunog siya sa isang Apoy na may lagablab)}

{4. Wa-mra'tuhū ḥammālata -lḥaṭab, (at ang maybahay niya [rin], na tagapasan ng kahoy na panggatong,))}

{5. Fī jīdihā ḥablum mim masad. (habang sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.)}

(Qur'ān 111:1-5)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagpapaliwanag ang marangal na sūrah ng kahihinatnan ni Abū Lahab, ang tiyuhin sa ama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nang tumanggi itong sumampalataya sa kanya at pumerhuwisyo ito sa kanya.

(تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ ۝١)

{1. Tabbat yadā abī lahabin wa-tabb! (Nasawi ang dalawang kamay ni Abū Lahab at nasawi siya!)} }

Nalugi si Abū Lahab, nalumbay siya at pagdurusahin siya dahil sa pamemerhuwisyo niya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

(مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ ۝٢)

{2. Mā aghnā `anhu mālūhū wa-mā kasab.
(Hindi nakapagdulot para sa kanya ang yaman
niya at ang anumang nakamit niya.)}

Hindi makapagsanggalang sa kanya ang
yaman niya at ang anak niya laban sa pagdurusang
dulot ni Allāh .

(سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ ۚ ۳)

{3. Sa-yaṣlā nāran dhāta lahab. (Masusunog
siya sa isang Apoy na may lagablab)}

Papasok siya sa isang apoy na ang liyab nito ay
nagniningas.

(وَأَمْرًا تُهَمَّالَةَ الْحَطَبِ ۚ ۴)

{4. Wa-mra'tuhū ḥammālata -lḥaṭab, (at ang
maybahay niya [rin], na tagapasan ng kahoy na
pangkatong,)}

Kasama nito ang maybahay nito (si Ummu
Jamil) na nagpapasan ng mga tinik at nakasasakit
at naglalagay ng mga ito sa daan ng Sugo
(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para
mamerhuwisyong sa kanya.

((فِي جِدِّهَا حَبْلٌ مِّنْ مَّسَدٍ (٥)))

{5. Fī jīdihā ḥablum mim masad. (habang sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.)}

Lalagyan sa leeg niya ng isang tali mula sa himaymay na matindi at magaspang, na ipanghihila sa kanya patungo sa Impiyerno.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

1. Ang pagkakinakailangan ng pagluwalhati kay Allāh, pagpupuri sa Kanya, at ang pagpapanibago ng pagbabalik-loob at paghingi ng tawad.

3. Si Allāh ay palatanggap ng pagbabalik-loob, na tumatanggap ng pagbabalik-loob ng mga lingkod Niya.

3. Si Allāh ay nagtatanggol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' at nagpaparusa sa sinumang namemerhuwisyo sa kanya.

4. Ang sinumang hindi sumampalataya kay Allāh at hindi gumawa ng maayos, hindi magpapakinabang sa kanya ang yaman niya at ang

pagkakamag-anak niya ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at tutugon ako.

Makipagtulungan ka kasama ng tagapagturo mo sa pag-alam kung papaano hahango ng patunay sa Sūrah An-Naşr na ang Muslim ay humihingi ng tawad kay Allāh sa lahat ng mga kalagayan niya at hindi sa sandali ng pagsuway lamang.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at magpapaliwanag ako.

Nagbanta ang Marangal na Qur'ān kay Abū Lahab, na tiyuhin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)', ng pagdurusa dahil sa pagpapasinungaling niya at pagbalakid niya sa landas ni Allāh. Nagsabi nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"O katipunan ng mga Quraysh, bilhin ninyo ang mga sarili ninyo; hindi ako makapagdudulot sa inyo laban kay Allāh ng anuman. O mga anak ni `Abdimanāf, hindi ako makapagdudulot sa inyo laban kay Allāh ng anuman. O `Abbās na anak ni `Abdulmuṭṭalib, hindi ako makapagdudulot sa iyo laban kay Allāh ng anuman. O Ṣafīyah na tiyahin-sa-ama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), hindi ako makapagdudulot sa**

iyo laban kay Allāh ng anuman. O Fāṭimah na anak ni Muḥammad, humingi ka sa akin ng niloob mo mula sa ari-arian ko, hindi ako makapagdudulot sa iyo laban kay Allāh ng anuman." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 4771 at Imām Muslim: 206.)

Ipaliwanag mo kung papaano nagpapatunay ang ḥadīth na ito sa pagkamahalaga ng katarungan sa Islām.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Natutuwa ang Muslim sa pagwawagi ng Islām at mga Muslim. (✓)

2. Hindi isinasabatas ang paghingi ng tawad malibang matapos ng pagkagawa ng pagsuway. (x)

3. Ang mga kamag-anak ng Sugo ni Allāh ay mga napangalagaan laban sa pagkakaroon ng mga pagkakasala. (x)

4. Ang Islām ay Relihiyon ng katarungan at awa. (✓)

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng dalawang sumusunod na āyah nang maiksi:

(وَأَسْتَغْفِرُهُ إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا). (مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ).

{at humingi ka ng tawad sa Kanya. Tunay na Siya ay laging Palatanggap ng pagbabalik-loob.}

{2. Hindi nakapagdulot para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya.}

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng dalawang katuturan mula sa mga āyah ng Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpakahulugan ka ng mga āyah ng Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

2. makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

3. makapagdakila ka sa Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās;

4. Makabigkas ka ng Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās, sa bawat araw at gabi.

Ang Sūrah Al-Ikhlāṣ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ١ اللَّهُ الصَّمَدُ ٢ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ٣ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ٤

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.

Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].

3. lam yalid wa lam yūlad (Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.)

{4. Wa-lam yakul lahū kufuwan aḥad. (Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man.")}

(Qur'ān 112:1-4)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Tumatalakay ang marangal na sūrah na ito ng dakilang katangian ni Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan).

(قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ١)

Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.

Sabihin mo, O Sugo: "Tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Nag-iisa, ang Namumukod-tangi sa pagkadiyos at pagkapanginoon."

(اللَّهُ الصَّمَدُ ٢)

Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].

Si Allāh (napakataas Siya) ay ang Pinapanginoon na pinapakay ng mga tao sa pagtugon sa mga pangangailangan nila.

(لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ٣)

3. lam yalid wa lam yūlad (Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.)

Si Allāh (napakataas Siya) ay hindi nagkaroon ng anak at hindi ipinanganak.

(وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ٤)

{4. Wa-lam yakul lahū kufuwan aḥad. (Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."}}

Si Allāh (napakataas Siya) ay hindi nagkaroon ng kawangis ni ng katulad.

Ang Sūrah Al-Falaq

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ١ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ٢
وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ٣ وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثِ فِي الْعُقَدِ ٤ وَمِنْ
شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ٥

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Qul a`ūdhu bi-rabbi -lfalaq (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng buwang-liwayway)}

{2. Min sharri mā khalaq (laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya)}

{3. Wa-min sharri ghāsiqin idhā waqab, (at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,))}

{4. Wa-min sharri -nnaffāthāti fi -l`uqad, (at laban sa kasamaan ng mga babaing [manggagaway na] palaihip sa mga buhol,))}

{5. Wa-min sharri ḥāsīdin idhā ḥasad. (at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nainggit ito."))}

(Qur'ān 113:1-5)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagtuturo sa atin ang sūrah na ito na humiling tayo ng pagkupkop ni Allāh (napakataas Siya) laban sa kasamaan ng nilikha, panggagaway, at inggit.

(قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ۝١)

Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng buhang-liwayway

Sabihin mo, O Sugo: "Dumudulog ako at nagpapasanggalang ako kay Allāh (napakataas Siya), ang Panginoon ng pag-uumaga at liwanag

(مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ٢)

{2. Min sharri mā khalaq (laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya)}

laban sa kasamaan ng lahat ng nilikha at pamemerhuwisyo nila,

(وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ٣)

{3. Wa-min sharri ghāsiqin idhā waqab, (at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,))}

laban sa kasamaan ng gabi at dilim nito at sa anumang naroon na mga kasamaan at mga namemerhuwisyo,

(وَمِنْ شَرِّ اللَّتَّقَنَّتِ فِي الْعُقَدِ ٤)

{4. Wa-min sharri –naffāthāti fi –l’uqad, (at laban sa kasamaan ng mga babaing [manggagaway na] palaihip sa mga buhol,))}

laban sa kasamaan ng mga babaing manggagaway na umiihip sa mga buhol ng panggagaway,

(وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ٥)

{5. Wa-min sharri ḥāsīdin idhā ḥasad. (at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nainggit ito.)}}

at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nagmithi ito ng paglaho ng biyaya sa iba pa sa kanya."

Ang Sūrah An-Nās

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ١ مَلِكِ النَّاسِ ٢
إِلَهِ النَّاسِ ٣ مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ٤ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي
صُدُورِ النَّاسِ ٥ مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ٦

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Qul a`ūdhu bi-rabbi -nnās, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,)}

{2. Maliki –nnās, (na Hari ng mga tao,,)}

{3. Ilāhi –nnās, (na Diyos ng mga tao,,)}

{4. Min sharri –lwaswāsi –lkhannās, (laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,,)}

{5. Alladhī yuwaswisu fī ṣudūr –nnās, (5. na nagpapasaring sa mga dibdib ng mga tao,,)}

{6. Mina –ljinnati wa –nnās. (kabilang sa mga jinn at mga tao,,)}

(Qur'ān 114:1-6)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagtuturo sa atin ang sūrah na ito na humiling tayo ng pagkupkop ni Allāh (napakataas Siya) laban sa mga kasamaan ng demonyo at pagpapasaring nito.

(قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ١)

{1. Qul a`ūdhu bi-rabbi –nnās, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,,)}

Sabihin mo, O Sugo: "Dumudulog ako at nagpapasanggalang ako kay Allāh (napakataas Siya), ang Tagalikha ng mga tao, ang Tagapagtustos nila, at ang Tagapangasiwa sa mga nauukol sa kanila,

(مَلِكِ النَّاسِ ٢)

{2. Maliki –nnās, (na Hari ng mga tao,,)}

ang Tagapatnugot sa mga nauukol sa mga tao at ang Walang-pangangailangan sa kanila,

(إِلَهِ النَّاسِ ٣)

{3. Ilāhi –nnās, (na Diyos ng mga tao,,)}

ang Karapat-dapat – tanging Siya – sa lahat ng mga uri ng pagsamba sapagkat walang sinasamba sa totoo kundi Siya,

(مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ٤)

{4. Min sharri –lwaswāsi –lkhannās, (laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,,)}

laban sa kasamaan at perhuwisyo ng demonyo na nagpapasaring sa tao sa sandali ng pagkalingat nito sa pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya) at nagkukubli sa sandali ng pagkaalaala sa Kanya,

(الَّذِي يُوسِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ٥)

{5. Alladhī yuwaswisu fī ṣudūr –nnās, (5. na nagpapasaring sa mga dibdib ng mga tao,)}

na nagkakalat ng kasamaan at mga pagdududa sa mga puso ng mga tao at nag-uudyok sa kanila sa mga ito.

(مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ٦)

{6. Mina –ljinnati wa –nnās. (kabilang sa mga jinn at mga tao.)}

Humihiling ako ng pagkupkop ni Allāh (napakataas Siya) laban sa mga jinn na nagpapasaring nang pakubli at laban sa mga tao na nag-uutos ng nakasasama at kasamaan.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

1. Si Allāh (napakataas Siya) ay Nag-iisang Kaisa-isa: walang katambal para sa Kanya, walang anak para sa Kanya, walang nag-anak sa Kanya, at walang kawangis at walang katulad sa Kanya.

2. Si Allāh (napakataas Siya) ay ang Diyos na Totoo na Karapat-dapat sa lahat ng mga uri ng pagsamba.

3. Si Allāh (napakataas Siya) ay nag-iingat sa Muslim kapag dumulog ito sa Kanya laban sa mga kasamaan ng jinn at tao.

4. Ang mga kapinsalaan ng panggagaway at pagkainggit ay reyalidad. Nangangalaga sa Muslim laban sa mga ito ang pagpapasanggalang kay Allāh (napakataas Siya) at pananalig sa Kanya.

5. Ang pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya) ay nangangalaga sa Muslim laban sa pasaring ng demonyo.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magtatakda ako ng oras sa pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās, sa bawat araw at gabi.

Gumabay sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās sa isang bilang ng mga oras at mga kalagayan. Maglagay ka ng isang tanda sa harapan ng oras/kalagayan na isinasabatas doon ang pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās.

Ang	Oras/Ang	Kalagayan	Ang
Pagkaisinasabatas ng Pagbigkas			

Sa Umaga

Sa Gabi

Sa Sandali ng Pagpasok sa Masjid

Sa Sandali ng Paglabas sa Masjid

Bago Matulog Matapos ng Pagkain

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako sa mga kaklase ko.

Gumawa si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa Dalawang Panalangin ng Pagpapakupkop (ang Sūrah Al-Falaq at ang Sūrah An-Nās) bilang kaparaanan para sa paghiling ng pagkupkop laban sa kasamaan ng panggagaway at demonyo. Gayon pa man, dumudulog ang iba sa mga tao sa mga daan na hindi isinasabatas para sa pagkalas ng panggagaway, tulad ng paggamit ng anting-anting at pagpapakalapit-loob sa jinn.

Makipagtalakayan ka sa mga kaklase mo kaugnay sa pagtatasa ng mga sumusunod na pag-uugali at paglilinaw sa panganib ng mga ito sa paniniwala ng Muslim.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Ang Kaisa-isa ay ang Nag-iisa, ang Namumukod-tangi sa mga katangian ng pagkadiyos at pagkapanginoon. (✓)

2. Ang Dulugan ay ang dinudulugan ng mga tao para sa pagtugon sa mga pangangailangan nila. (✓)

3. Pinapayagan para sa Muslim na magtulak ng panggagaway sa pamamagitan ng paggawa ng panggagaway. (X)

4. Ang mga babaing palaihip ay ang mga babaing manggagaway na nanggagaway sa iba pa sa kanila. (✓)

5. Ang pagbigkas sa Dalawang Panalangin ng Pagpapakupkop (ang Sūrah Al-Falaq at ang Sūrah An-Nās) ay nagsasanggalang laban sa inggit at nagpapalayo sa demonyo. (✓)

6. Ang paggawa ng mga anting-anting at ang pagpapakalapit-loob sa jinn ay kabilang sa mga gawain ng Shirk. (✓)

PANUTO 2: Isulat mo ang marangal na āyah na nababagay ang kahulugang nabanggit sa sumusunod:

Ang Kahulugan

Hindi nagkaroon si Allāh (napakataas Siya) ng kawangis ni katulad.

Humihiling tayo ng pagpapakupkop kay Allāh (napakataas Siya) laban sa gabi at anumang narito na mga kasamaan.

Dumudulog tayo kay Allāh (napakataas Siya) laban sa mga kasamaan ng tao at jinn. Ang Āyah na Nagpapatunay Rito

PANUTO 3: Takdaan mo ang mga oras ng pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās.

Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagbigay-kahulugan ka sa Pananampalataya;
2. makapag-isa-isa ka ng mga haligi ng Pananampalataya;
3. makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng Islām (Pagpapasakop), Imān (Pananampalataya), at Iḥsān (Pagpapakahusay);

4. makapagsadamdamin ka sa lakas ng pagkakaugnay sa pagitan ng Pananampalataya at maayos na gawa;

5. magsigasig ka sa pagtutumpak sa pananampalataya mo at kaayusan ng gawa mo.

Pagpapaumpisa

Nagsugo si Allāh kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' upang magturo sa mga Kasamahan ng Islām, gaya ng nasaad sa ḥadīth na ito:

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Habang kami ay nasa tabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' isang araw, may biglang lumitaw sa amin na isang lalaki na matindi ang kaputian ng mga kasuutan, na matindi ang kaitiman ng buhok. Hindi nakikita rito ang bakas ng paglalakbay. Walang nakakikilala rito na isa man mula sa amin. Hanggang sa umupo ito paharap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' saka nagsandal ito ng mga tuhod nito sa mga tuhod niya at naglagay ng mga palad nito sa mga hita niya at nagsabi ito: "O Muḥammad, magpabatid ka sa akin tungkol sa Islām." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "Ang Islām ay na sumaksi ka na walang Diyos**

kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)', magpanatili ka ng dasal, magbigay ka ng zakāh, mag-ayuno ka sa Ramadān, at magsagawa ka ng ḥajj kung makakaya mo [na magkaroon] patungo roon ng isang landas." Nagsabi ito: "Nagsabi ka ng totoo." Nagsabi si `Umar: "Kaya nagulat kami rito: nagtatanong ito sa kanya at nagpapatotoo ito sa kanya!" Nagsabi ito: "Kaya magpabatid ka sa akin tungkol sa Īmān." Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga Sugo Niya, at sa Huling Araw, at sumampalataya ka sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito." Nagsabi ito: "Nagsabi ka ng totoo. Kaya magpabatid ka sa akin tungkol sa Iḥsān." Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "Na sumamba ka kay Allāh na para bang ikaw ay nakakikita sa Kanya sapagkat kung ikaw man ay hindi nakakikita sa Kanya, tunay na Siya naman ay nakakikita sa iyo."}

(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 8.)

Ang Relihiyon ay may tatlong antas, gaya ng nasaad sa ḥadīth:

Ang Unang Antas: Ang Islām at ang mga haligi nito ay lima: ang Dalawang Pagsaksi, ang pagpapanatili ng dasal, ang pagbibigay ng zakāh,

ang pag-aayuno sa Ramaḍān, at ang pagsasagawa ng ḥajj.

Ang Ikalawang Antas: Ang Īmān at ito ay sumusunod sa antas ng Islām.

Ang Īmān (Pananampalataya) ay ang pagpapatotoo sa pamamagitan ng puso, ang pag-amin ng dila, at ang paggawa ng mga bahagi ng katawan.

Kaya walang pagkaiwas na maniwala ang tao sa pamamagitan ng puso niya at walang pagkaiwas sa paghahayag ng paniniwala ng puso sa pamamagitan ng pagbigkas ng Dalawang Pagsaksi. Hindi nakukumpleto ang Īmān kundi sa pamamagitan ng paggawa ng mga bahagi ng katawan. Dahil doon, nailarawan ang mga maninirahan sa Paraiso sa pagtataglay ng Īmān at maayos na gawa. Nagsasabi si Allāh:

(وَالَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ هُمْ فِيهَا خَالِدُونَ)

{Ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Hardin; sila ay doon mga mananatili.} (Qur'ān 2:82)

Kaya nararapat sa bawat mananampalataya na magsikap sa maayos na gawa upang magtamo ng Kaginhawahan sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang Īmān ay may anim na haligi: ang pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya), sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: kabutihan nito at kasamaan nito.

Ang Ikatlong Antas: Ang Iḥsān. Dito ay nagmamasid ang tao sa Panginoon niya sa lahat ng mga sinasabi niya at mga ginagawa niya kaya siya ay naging para bang nakakikita sa Panginoon niya (napakamapagpala Siya at napakataas) sapagkat kung ikaw man ay hindi nakakikita sa Kanya, tunay na Siya naman ay nakakikita sa iyo.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makakikilala ako ng kaibahan sa pagitan ng mga antas ng Relihiyon:

Piliin mo ang mga āyah na nagpapatunay sa antas ng Islām bago ng antas ng Īmān.

قَالَتِ الْأَعْرَابُ ءَامَنَّا قُلْ لَّمْ تُؤْمِنُوا وَلَكِنْ قُولُوا أَسْلَمْنَا وَلَمَّا يَدْخُلِ الْإِيمَانُ فِي قُلُوبِكُمْ

{Nagsabi ang mga Arabeng disyerto:
"Sumampalataya kami." Sabihin mo: "Hindi kayo

sumampalataya, subalit sabihin ninyo:
'Nagpasakop kami.' Hindi pa pumasok ang
pananampalataya sa mga puso ninyo.}

(Qur'ān 49:14)

(مَلَّةَ أَبِيكُمْ إِبْرَاهِيمَ هُوَ سَمَلَكُمْ الْمُسْلِمِينَ مِنْ قَبْلُ)

{bilang kapaniwalaan ng ama ninyong si
Abraham. Siya ay nagpangalan sa inyo na mga
Muslim bago pa niyan}

(Qur'ān 22:78)

(قَدْ أَفْلَحَ الْمُؤْمِنُونَ)

{Nagtagumpay nga ang mga
mananampalataya,}

(Qur'ān 23:1)

Aktibidad 2: Mag-ugnay ka sa pagitan ng
teksto at ipinahihiwatig nito:

Mag-ugnay ka sa pagitan ng teksto at
kahulugan na ipinahihiwatig nito:

Ang Teksto

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَمَنْ يَأْتِهِ مُؤْمِنًا قَدْ عَمِلَ الصَّالِحَاتِ فَأُولَٰئِكَ لَهُمُ الدَّرَجَاتُ الْعُلَىٰ)

{Ang sinumang pumunta sa Kanya bilang mananampalataya ay gumawa ng mga maayos na gawa. Kaya ang mga iyon ay ukol sa kanila ang mga antas na pinakamatataas;} (Qur'ān 20:75)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mananampalataya ay ang sinumang naligtas sa kanya ang mga tao sa mga ari-arian nila at mga sarili nila."** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 3934.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal sa panauhin niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6135 at Imām Muslim: 48.) Ang ipinahihiwatig nito:

Ang pananampalataya ay pumipigil sa tagapagtaglay nito sa paggawa ng masagwa sa mga ibang tao.

Ang mga kagandahan ng mga kaasalan ay kabilang sa mga bunga ng pananampalataya.

Ang pananampalataya ay isang kadahilanan sa pag-angat ng antas sa Kabilang-buhay.

Aktibidad 1: Magbibigay ako ng payo.

Ang iba sa mga tao ay nag-aangkin na ang puso niya ay tinatahanan ng pananampalataya bagamat sila ay hindi nagsasagawa ng mga pagsambang isinasatungkulin.

Magsulat ka ng payo na ibibigay mo sa mga taong ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

1. Ang ṣalāh ay isang haligi mula sa mga haligi ng lḥsān.

2. Ang pananampalataya sa pagkakaroon ng Paraiso at Impiyerno ay kabilang sa mga haligi ng pananampalataya.

2. Ang Īmān (Pananampalataya) ay ang unang antas ng mga antas ng Relihiyon.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot sa sumusunod:

1. Ang mga Haligi ng Īmān ay:
(lima - anim - pito).

2. Ang pagsasaalang-alang kay Allāh ay nagpapahayag ng antas ng:

(Islām - Īmān - Iḥsān).

3. Kailangan na magkaroon sa Īmān ng paniniwala sa pamamagitan ng:

(puso - dila - mga bahagi ng katawan).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

1. Isulat ang pagbibigay-kahulugan sa Īmān.

2. Magbigay-patunay sa pagkakaugnay ng maayos na gawa sa Īmān.

3. Isaayos ang mga antas ng Relihiyon (Islām - Īmān - Iḥsān) mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka sa kahulugan ng pananampalataya kay Allāh;

2. makapagpaliwanag ka sa mga epekto ng pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya) sa individuwal at lipunan;

3. makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa pag-epekto sa pag-uugali;

4. makapagtaglay ng mga kaasalan ng mga mananampalataya at pag-uugali nila.

Nalaman mo na ang mga haligi ng Īmān ay anim. Ang una sa mga ito ay ang pananampalataya kay Allāh. Kaya ano ang kahulugan ng pananampalataya kay Allāh?

Ito ay ang mapag-aalaman natin sa pamamagitan ng mga sumusunod na punto:

Ang Pananampalataya kay Allāh

Ang Pananampalataya sa Kairalan Niya

Ang Pananampalataya sa Pagkapanginoon Niya

Ang Pananampalataya sa Pagkadiyos Niya

Ang Pananampalataya sa mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya

A. Ang Pananampalataya kay Allāh

Ang pananampalataya kay Allāh ay ang una sa mga haligi ng Īmān at ang pinakadakila sa mga ito. Naglalaman ito ng apat na usapin:

1. Ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh. Ito ay ipinahiwatig ng naturalesa at matinong isip.

Kabilang sa mga patunay sa kairalan ni Allāh ang "patunay ng paglikha" sapagkat ang bawat nilikha ay nagpapatunay sa kairalan ng Tagalikha nito. Iyon ay si Allāh. Nagsabi si Allāh:

(أَمْ خُلِقُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمْ الْخُلُقُونَ)

{O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?} (Qur'ān 52:35)

2. Ang pananampalataya na si Allāh ay Panginoon ng bawat bagay, Tagalikha nito, at Tagapagmay-ari nito; at na Siya ay ang Palatustos, ang Tagapagbigay-buhay, at ang Tagapagbigay-kamatayan. Nagsabi si Allāh:

(فَلِلَّهِ الْحَمْدُ رَبِّ السَّمَوَاتِ وَرَبِّ الْأَرْضِ رَبِّ الْعَالَمِينَ)

{Kaya ukol kay Allāh ang papuri, ang Panginoon ng mga langit, ang Panginoon ng lupa, at ang Panginoon ng mga nilalang.} (Qur'ān 45:36)

3. Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) ay ukol sa Kanya ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga

katangiang pinakamatataas at walang katulad sa Kanya na anuman. Nagsabi si Allāh:

(لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ) (الشورى: 11).

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur'ān 42:11)

Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) – tanging Siya – ay ang karapat-dapat sa pagsamba. Kaya ang sinumang nakaalam na si Allāh ay ang Panginoon niya at ang Tagalikha niya ay nagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba at umiiwas sa pagsamba sa iba pa sa Kanya. Nagsabi si Allāh:

(رَّبُّ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا فَاعْبُدْهُ وَاصْطَبِرْ لِعِبَادَتِهِ هَلْ تَعْلَمُ لَهُ سَمِيًّا)

{Ang Panginoon ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, kaya sumamba ka sa Kanya at magpakamatiisin ka para sa pagsamba sa Kanya. Nakaaalam ka kaya para sa Kanya ng isang kapangalan?"} (Qur'ān 19:65)

B. Ang Epekto ng Pananampalataya kay Allāh sa mga Gawain ng Muslim

1. Ang pananampalataya kay Allāh ay gumagawa sa puso ng mananampalataya na nahuhumaling kay Allāh (napakataas Siya) dala ng pag-ibig, pangamba, pag-aasam, tiwala, at pananalig; gumagawa sa dila niya na bumabanggit kay Allāh at bumibigkas ng Aklat Niya; at gumagawa sa mga bahagi ng katawan niya na nagsasagawa ng mga pagtalima at umiiwas sa mga masagwang gawa.

2. Ang pananampalataya kay Allāh ay nag-aalis mula sa puso ng tagapagtaglay nito ng pangamba sa iba pa kay Allāh. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّمَا ذَلِكُمُ الشَّيْطَانُ يُخَوِّفُ أَوْلِيَآءَهُ فَلَا تَخَافُوهُمْ وَخَافُوا مِنِّ إِن كُنْتُمْ مُّؤْمِنِينَ)

{Iyon lamang ay ang demonyo; nagpapangamba siya sa mga katangkilik niya kaya huwag kayong mangamba sa kanila at mangamba kayo sa Akin kung kayo ay naging mga mananampalataya.} (Qur'ān 3:175)

3. Ang pananampalataya kay Allāh ay gumagawa sa mananampalataya na maging masigasig sa pagganap ng mga pagsamba, at pagpapakalapit-loob kay Allāh kasama ng

pagkatakot sa Kanya at pananalig sa Kanya.
Nagsabi si Allāh:

(إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ 2 الَّذِينَ يُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَمِمَّا رَزَقْنَاهُمْ يُنْفِقُونَ 3 أُولَٰئِكَ هُمُ الْمُؤْمِنُونَ حَقًّا لَهُمْ دَرَجَاتٌ عِنْدَ رَبِّهِمْ وَمَغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ 4)

{2. Tanging ang mga mananampalataya ay ang mga kapag binanggit si Allāh ay nasisindak ang mga puso nila at kapag binigkas sa kanila ang mga tanda Niya ay nadaragdagan sila ng pananampalataya at sa Panginoon nila nananalig sila,

3. na mga nagpapanatili sa pagdarasal at mula sa ipinagkaloob Namin sa kanila ay gumugugol.

4. Ang mga iyon ay ang mga mananampalataya, sa totoo. Ukol sa kanila ay mga antas sa ganang Panginoon nila, isang

kapatawaran, at isang panustos na masagana.}

(Qur'ān 2-4)

3. Ang pananampalataya kay Allāh ay gumagawa sa mananampalataya na maging masigasig sa pagganap ng mga karapatan ng mga tao. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang mananampalataya ay ang sinumang naligtas sa kanya ang mga tao sa mga ari-arian nila at mga sarili nila."** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 3934.)

Ganito sapagkat tunay na ang pananampalataya kay Allāh ay nakaaapekto sa pag-uugali ng Muslim dahil sa paggawa ng mga maayos na gawa at pagwaksi sa mga pagsuway at mga masagwang gawa.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at maghihinuha ako.

Mag-ugnay ka sa pagitan ng teksto at kahulugan na ipinahihiwatig nito:

Ang Teksto

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَذِكْرٌ فَإِنَّ الذِّكْرَ يُنْتَفَعُ الْمُؤْمِنِينَ)

{Magpaalaala ka sapagkat tunay na ang paalaala ay nagpapakinabang sa mga mananampalataya.} (Qur'ān 51:55)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **"Papasok ang mga maninirahan sa Paraiso sa Paraiso at ang mga maninirahan sa Impiyerno sa Impiyerno. Pagkatapos magsasabi si Allāh (napakataas Siya): Magpalabas kayo mula sa Impiyerno ng sinumang sa puso niya ay may kasimbigit ng buto ng mustasa na pananampalataya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 22 at Imām Muslim: 184.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **"Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya! Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya! Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya!"** Sinabi: **"Sino po, O Sugo ni Allāh?"** Nagsabi siya: **"Ang hindi naliligtas ang kapitbahay niya sa mga sakuna niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6016.) Ang ipinahihiwatig nito:

Ang Īmān ay nakaugnay sa mga karapatan ng mga tao.

Ang pakikinabang sa pangaral ay bahagi ng mga bunga ng pananampalataya kay Allāh.

Ang Īmān ay isang kadahilanan para sa kaligtasan mula sa Impiyerno sa Araw ng Pagbangon.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) habang nagsasanaysay tungkol sa paglikas niya kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **{Kaya lumisan kami matapos na lumampas sa tanghaling-tapat ang araw. Sumunod sa amin si Surāqah bin Mālik kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, naabutan tayo." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "Huwag kang malungkot; tunay na si Allāh ay kasama natin," saka dumalangin laban sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' kaya nabalawah ang inahing kabayo niya hanggang sa tiyan nito.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3615 at Imām Muslim: 7706.)

Matapos basahin ang nagdaang kuwento, sagutin ang sumusunod:

Ano ang natututuhan natin mula sa kuwentong ito?

Ano ang kaugnayan ng kuwentong ito sa paksa ng aralin?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Ang kairalan ng mga nilikha ay nagpapatunay sa:

(kairalan ni Allāh - katapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' - paghihimala ng Qur'ān).

2. Nagpapatunay ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na: **"Ang mananampalataya ay ang sinumang natiwasay sa kanya ang mga tao sa mga ari-arian nila at mga sarili nila" sa:**

(Tawhīd ng Pagkapanginoon - pagkakaugnay ng Pananampalataya sa gawa - kahalagahan ng katiwasayan ng lipunan)

3. Ang totoong mananampalataya ay:

(hindi nagwawangis kay Allāh sa isa sa nilikha Niya - namemerhuwisyo sa mga kapitbahay niya - hindi mapaniniwalaan sa pagsasalita niya)

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng nilalaman ng mga ito na mga kamalian:

1. Pumapasok ang tao sa Islām kapag sumampalataya siya sa kairalan ni Allāh.

Ang tao ay hindi nagiging Muslim hanggang sa sumampalataya ito sa kairalan ni Allāh, pagkapanginoon Niya, at pagkadiyos Niya.

2. Ang pananampalataya ay gawaing pampuso na walang kaugnayan sa gawain ng mga bahagi ng katawan.

Ang pananampalataya ay gawaing pampuso subalit lumilitaw ang epekto nito sa sinasabi ng dila at ginagawa ng mga bahagi ng katawan.

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

1. Ang pananampalataya ay pumipigil sa tagapagtaglay nito sa pamemerhuwisyo sa kapitbahay niya.

2. Ang tapat na mananampalataya ay nangangamba kay Allāh.

PANUTO 4: Naisasakatotohanan ang pananampalataya kay Allāh kapag kumilala ang Muslim sa apat na usapin. Linawin mo ang mga ito nang maiksi sa apat na linya.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka ng ibig sabihin ng mga anghel;

2. makapagpaliwanag ka sa kahulugan ng pananampalataya sa mga anghel;

3. makapagbigay-patunay ka sa pagkakinakailangan ng pananampalataya sa mga anghel;

4. makapag-isa-isa ka ng mga gawain ng mga anghel;

5. mahiya sa mga anghel.

Aktibidad na Pang-umpisa

Ano ang nalalaman mo tungkol sa mga anghel?

{اللَّهُ يَصْطَفِي مِنَ الْمَلَائِكَةِ رُسُلًا}

{Si Allāh ay humihirang mula sa mga anghel ng mga sugo}

(Qur'ān 22:75)

A. Ang Ibig Sabihin ng mga Anghel

B. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Anghel

C. Ang mga Gawain ng mga Anghel

D. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Anghel

Ang pananampalataya sa mga anghel ay kinakailangan sa bawat Muslim sapagkat ito ay isang haligi kabilang sa mga haligi ng Imān. Hindi natutumpak ang pananampalataya ng tao kundi mayroon nito. Ang patunay nito:

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(ءَاٰمَنَ الرَّسُوْلُ بِمَا اُنْزِلَ اِلَيْهِ مِنْ رَّبِّهِ وَالْمُؤْمِنُوْنَ كُلُّ ءَاٰمَنَ بِاللّٰهِ
وَمَلٰئِكَتِهٖ وَكُتُبِهٖ وَرُسُلِهٖ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ اَحَدٍ مِّنْ رُّسُلِهٖ وَقَالُوا سَمِعْنَا
وَاَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَاِلَيْكَ الْمَصِيْرُ)

{Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] “Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya.” Nagsabi sila: “Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng]

pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.”} (Qur’ān 2:285)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' nang tinanong siya tungkol sa Īmān: **"Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga Sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 102.)

A. Ang Ibig Sabihin ng mga Anghel

Sila ay mga nilikhang dakila, na nilikha ni Allāh mula sa isang liwanag. Hindi sila sumusuway kay Allāh sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sila ng ipinag-uutos sa kanila.

Kabilang sa nagpapatunay sa kadakilaan ng pagkalikha sa mga anghel ang sabi ni Allāh sa paglalarawan kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga):

(ذِي قُوَّةٍ عِنْدَ ذِي الْعَرْشِ مَكِينٍ)

{na may lakas sa ganang May-ari ng Trono, na mataas sa kalagayan,} (Qur'ān 81:20)

B. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Anghel

Nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa mga anghel sa pamamagitan ng sumusunod:

ang paniniwala sa kairalan nila;

ang paniniwala sa anumang nalaman natin mula sa mga pangalan nila na nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Tumpak na Sunnah;

ang paniniwala sa anumang nalaman natin mula sa mga katangian nila na nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Tumpak na Sunnah.

C. Ang mga Gawain ng mga Anghel

Ang mga anghel ay may maraming gawain, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. Ang pagbababa ng kasi (kapahayagan). Ito ay gawain ni Anghel Gabriel (Jibrīl) – sumakanya ang pangangalaga.

2. Ang pagpapababa ng ulan. Ito ay gawain ni Anghel Miguel (Mīkā'il) – sumakanya ang pangangalaga.

3. Ang pagtatala ng mga gawain ng mga tao. Nagsabi si Allāh:

(وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَافِظِينَ ۝ ۱۰ كِرَامًا كَاتِبِينَ ۝ ۱۱)

{10 Tunay na sa inyo ay talagang may mga tagapag-ingat,

11. na mararangal na mga tagasulat.} (Qur'ān :10-11)

4. Ang pagkuha ng mga kaluluwa. Ito ay gawain ng Anghel ng Kamatayan (Malakulmawt) – sumakanya ang pangangalaga.

5. Ang pag-ihip sa tambuli sa Araw ng Pagbangon. Ito ay gawain ni Anghel Rafael (Isrāfil) – sumakanya ang pangangalaga.

At iba pa roon na mga gawaing nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

D. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Anghel

Ang pananampalataya sa mga anghel ay may mga dakilang epekto sa pag-uugali ng Muslim. Kabilang sa mga epektong iyon ang sumusunod:

1. Ang pagpupunyagi sa pagtalima kay Allāh bilang paggaya sa mga anghel;

2. Ang paglayo sa kapalaluan at pagmamayabang sa gawa sapagkat ang mga anghel ay naipagsanggalang laban sa kasalanan at sila, sa kabila ninyo, sa pagsamba ay tuluy-tuloy kaya naman ang taong nagkukulang na

nagkakasala ay higit na marapat sa pagsamba at paghingi ng tawad;

3. Ang pagpupunyagi sa paglayo sa anumang ipinagbawal ni Allāh dala ng pangamba kay Allāh, una, pagkatapos dala ng pagkahiya sa mga anghel na hindi nagtatala sa mga gawa niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا)

{Tunay na si Allāh at ang mga anghel Niya ay nagbabasbas sa Propeta. O mga sumampalataya, dumalangin kayo ng pagbasbas sa kanya at bumati kayo sa kanya ng pagbati ng kapayapaan.} (Qur'ān 33:56)

Sa āyah na ito, bumanggit si Allāh ng isang gawain kabilang sa mga gawain ng mga anghel at nag-utos Siya sa mga mananampalataya ng pagtulad sa mga anghel. Kaya ano ang gawaing ito?

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at magpapahayag ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila dala ng pagkalugod sa tagapaghanap ng kaalaman."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 3643.)

Ilarawan mo ang damdamin mo, bilang tagapaghanap ng kaalaman, nang nakaalam ka sa paggalang ng mararangal na anghel sa tagapaghanap ng kaalaman.

Aktibidad 3: Magpapaliwanag ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang kumain ng sibuyas, bawang, at puero ay huwag ngang lalapit sa masjid natin sapagkat tunay na ang mga anghel ay napeperhuwiso mula sa ikinapeperhuwiso ng mga anak ni Adan."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1282.)

Ipaliwanag mo ang praktikal na tungkulin mo tungo sa mga anghel sa pamamagitan ng ḥadīth na ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Nilikha ni Allāh ang mga anghel (sumakanila ang pangangalaga) mula sa isang liwanag.

2. Ang tungkulin ni Anghel Rafael (Isrāfil) ay ang pagpapaabot ng kasi sa mga propeta.

3. Si Anghel Gabriel ay ang anghel na itinalaga sa pagpapababa ng ulan sa lupa.

4. Nararapat sa atin ang magpunyagi sa pagsamba bilang pagtulad sa mga anghel.

PANUTO 2: Humango ka ng patunay sa isang āyah o isang ḥadīth para sa sumusunod:

1. Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa mga anghel.

2. Ang kadakilaan ng pagkalikha kay Anghel Gabriel (Jibrīl) – sumakanya ang pangangalaga.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

1. Papaanong nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa mga anghel?

2. Kabilang sa mga epekto ng pananampalataya sa mga anghel ang pagtulak ng kapalaluan palayo sa sarili at ang pagkahiya sa kanila. Magpaliwanag ka niyon.

D. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpaliwanag ka ng kahulugan ng pananampalataya sa mga kasulatan at mga sugo;

2. makapag-isa-isa ka ng mga pangalan ng mga kasulatan at mga sugo na nasaad sa Qur'ān;

3. makakilala ka ng kaibahan ng mga kakanyahan ng Qur'ān sa nalalabi sa mga makalangit na kasulatan;

4. makapagsadamdamin ka ng biyaya ng pagkapababa ng mga kasulatan at pagkapasugo ng mga sugo;

5. makatulad ka sa mga katangian ng mga propeta at mga gawain nila.

Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan

Ang Pananampalataya sa mga Sugo

Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo

A. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan

1. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at ang Kahatulan Dito

Ang pananampalataya sa mga kasulatan ay ang paniniwala at ang pagkilala na si Allāh (napakataas Siya) ay nagpababa ng mga kasulatan sa mga sugo Niya (sumakanila ang pangangalaga) para sa kapatnubayan ng mga tao at pagsasakatotohanan ng kaligāyahan nila sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kaya kinakailangan ang pananampalataya nang pabuod sa bawat pinababa ni Allāh na mga kasulatan. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا ءَامِنُوا بِاللّٰهِ وَرَسُولِهِ ؕ وَالْكِتَابِ الَّذِي نَزَّلَ
عَلَىٰ رَسُولِهِ ؕ وَالْكِتَابِ الَّذِي أَنزَلَ مِن قَبْلَ)

{O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan.} (Qur'ān 4:136)

Kinakailangan ang pananampalataya nang padetalye sa mga kasulatang nabanggit sa Marangal na Qur'ān. Ang mga ito ay ang mga kalatas ni Abraham (sumakanya ang pangangalaga), ang Salmo na pinababa kay Propeta David (sumakanya ang pangangalaga),

ang Torah na pinababa kay Propeta Moises (sumakanya ang pangangalaga), ang Ebanghelyo na pinababa kay Propeta Jesus (sumakanya ang pangangalaga), at ang Marangal na Qur'ān na pinababa kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

2. Ang Pinakamainam sa mga Kasulatan

Nararapat sa Muslim na sumampalataya na ang Marangal na Qur'ān ay:

Salita ni Allāh at na maniwala sa bawat nasaad dito;

Iningatan laban sa pagpilipit at pagpapalit samantalang ang mga naunang kasulatan ay napilipit at wala sa anumang nasa mga kamay natin sa ngayon kabilang sa mga ito ang isang aklat na maaaring magdiin sa katumpakan ng pagkakaugnay nito kay Allāh;

Ang pinakadakila sa mga kasulatan ni Allāh, ang pinakahuli sa mga ito, at ang tagapagpawalang-bisa sa nasaad sa mga ito;

Isang aklat na naghihimala, na hindi makakakaya ang isa ng paggawa ng tulad nito.

B. Ang Pananampalataya sa mga Sugo

1. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Sugo at ang Kahatulan Dito

Ang pananampalataya sa mga sugo ay ang paniniwala at ang pagkilala na si Allāh ay nagsugo sa nilikha Niya ng mga sugo na nag-aanyaya sa mga tao sa pagsamba sa Kanya – tanging sa Kanya: walang katambal para sa Kanya – at na ang kahulihulihan sa kanila ay ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Kinakailangan ang pananampalataya nang pagbuod sa lahat ng mga propeta kahit pa man hindi tayo nakaalam sa mga pangalan nila o bilang nila. Nagsabi si Allāh:

(وَرُسُلًا قَدْ قَصَصْنَاهُمْ عَلَيْكَ مِنْ قَبْلُ وَرُسُلًا لَمْ نَقْصُصْهُمْ عَلَيْكَ
وَكَلَّمَ اللَّهُ مُوسَى تَكْلِيمًا)

{[Nagsugo Kami ng] mga sugong isinalaysay na Namin sa iyo bago pa niyan at may mga sugong hindi Namin isinalaysay sa iyo. Kumausap si Allāh kay Moises sa isang pakikipag-usap.} (Qur'ān 4:164)

Kinakailangan ang pananampalataya nang padetalye sa mga propetang nabanggit sa Marangal na Qur'ān. Ang bilang nila ay 25 propeta.

Kinakailangan din ang pananampalataya na ang mga propeta ay naisanggalang laban sa bawat kamalian at katangiang pangit kaya nagiging imposible sa kanila ang pagsisinungaling, ang pagtataksil, ang kapurulan ng isip, at iba sa mga ito kabilang sa mga kapangitan at mga kakulangan.

2. Ang Pinakamainam sa mga Sugo

Alamin mo, kapatid kong mag-aaral, na ang pinakamainam sa mga sugo sa kalahatan ay lima. Sila ay ang mga may pagtitika (ulūl'azm) dahil sila ay ang pinakamatindi sa mga sugo sa pagtitiis sa pagpapaabot ng paanyaya ni Allāh. Bumanggit nga sa kanila si Allāh (napakataas Siya) sa sabi Niya:

(وَإِذْ أَخَذْنَا مِنَ النَّبِيِّينَ مِيثَاقَهُمْ وَمِنْكَ وَنُوحَ وَإِبْرَاهِيمَ وَمُوسَىٰ
وَعِيسَى ابْنِ مَرْيَمَ وَأَخَذْنَا مِنْهُمْ مِيثَاقًا غَلِيظًا)

{[Banggitin] noong tumanggap Kami mula sa mga propeta ng tipan nila, mula sa iyo, at mula kina Noe, Abraham, Moises, at Jesus na anak ni Maria. Tumanggap Kami mula sa kanila ng tipang mariin,} (Qur'an 33:7)

Ang pinakamainam sa mga sugo ay ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Siya ay ang pangwakas sa

kanila at ang mensahe niya ay panlahat para sa lahat ng mga tao hanggang sa Araw ng Pagbangon

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo

Ang pananampalataya sa mga kasulatan at mga sugo ay may ilang epekto, na kabilang sa mga ito:

1. Ang pagkatiyak sa awa ni Allāh yayamang nagsugo Siya ng mga sugo at nagpababa Siya ng mga kasulatan para sa kapatnubayan natin;

2. Ang pagkakilala kay Allāh sa pamamagitan ng pinababa Niya sa mga kasulatan at ipinabatid ng mga sugo.

3. Ang pagsamba kay Allāh batay sa pagkatalos sa pamamagitan ng ipinaliwanag ng mga kasulatan at ipinatupad ng mga sugo;

4. Ang pagtulad sa mga kaasalan ng mga propeta, mga katangian nila, at mga gawain nila.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Isulat mo ang mga pangalan ng mga propeta.

Bumanggit si Allāh mula sa mga āyah 83 hanggang 86 ng Sūrah 6 (Qur'ān 6:83-86) ng mga pangalan ng mga sugo. Sumangguni ka sa mga āyah na ito at hanguin mo ang mga pangalan ng mga propeta na nasasaad sa mga ito.

Aktibidad 2: Hahango ako at tutugon ako.

Naglaman ang buhay ng mga propeta at mga katangian nila ng maraming punto para sa pagtulad sa kanila. Kabilang doon ang mga kaasalan. Bumanggit nga si Allāh ng isang pangkat ng mga kaasalan buhat sa mga propeta Niya. Isulat mo ang naaalaala mo mula roon sa sumusunod na talahanayan:

Ang Kaasalan / Ang Propeta

Ang Pagkamapagbigay / Si Propeta Abraham
(Sumakanya ang Pangangalaga)

Ang Pagtitiis / _____

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

1. Si Propeta Abraham (sumakanya ang pangangalaga) ay ang pinakamainam sa mga sugo.

2. Pinababa ang Salmo kay Propeta David (sumakanya ang pangangalaga).

3. Binanggit sa Marangal na Qur'ān ang mga pangalan ng lahat ng mga propeta.

4. Imposible ang pagtulad sa mga gawain ng mga propeta at mga kaasalan nila.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Kinakailangan ang manampalataya na ang lahat ng mga propeta ay nailarawan nga sa:

(katalinuhan ng isip - dami ng yaman - kakauntian ng sakit).

2. Kabilang sa mga may pagtitika mula sa mga sugo:

(sina Abraham at Ismael - sina Noe at Jesus - si Adan at Moises).

3. Tumutulad tayo sa pagtitiis sa sakit kay Propeta:

(Zacarias (sumakanya ang pangangalaga) - Job (sumakanya ang pangangalaga) - Enok (sumakanya ang pangangalaga)).

4. Namumukod ang Marangal na Qur'ān sa nalalabi sa mga kasulatan dahil ito ay:

(Salita ni Allāh - nanatili magmula isang libong taon - iningatan laban sa pagpilipit).

PANUTO 3: Ano ang maipakakahulugan mo sa pagiging ang pagsusugo sa mga sugo at ang pagbaba ng mga kasulatan ay kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya ni Allāh sa tao?

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

1. Magtakda ka ng tatlong katangian ng mga propeta, na maaari kang tumulad sa mga ito.

2. Magsulat ka ng isang patunay sa katayuan ng Marangal na Qur'ān.

E. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka ng kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw;

2, makapagpaliwanag ka sa mga yugto ng Huling Araw;

3. makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa Huling Araw;

4. makagawa para sa pagtamo ng Paraiso at pagkaligtas mula sa Impiyerno.

Ang buhay nating pangmundo ay tulad ng lupang pinagsasagawaan natin ng pagsasaka sapagkat ang sinumang nagsasaka ng kabutihan sa Mundo ay mag-aani ng kabutihan sa Kabilang-buhay. Ang ganti sa Kabilang-buhay ay maaaring ang Paraiso at maaaring ang Impiyerno. Malalaman natin sa araling ito ang

pinakamahalaga sa mga pangyayari sa Huling Araw.

Isang poster na nasusulatan ng isang malaking maliwanag na pagkakasulat ng sabi ni Allāh:

(وَالَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْكَ وَمَا أُنْزِلَ مِنْ قَبْلِكَ وَبِالْآخِرَةِ
هُمْ يُوقِنُونَ)

{na mga sumasampalataya sa pinababa sa iyo
at sa pinababa bago mo pa, at sa Kabilang-buhay
sila ay nakatitiyak.}

(Qur'ān 2:4)

Ang Kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw

Ang mga Yugto ng Huling Araw

Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Huling Araw

A. Ang Kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw

Ang pananampalataya sa Huling Araw ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Īmān. Ang kahulugan nito ay ang paniniwala at ang pagkilala sa lahat ng ipinabatid ni Allāh at ipinabatid ng

Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) mula sa magaganap matapos ng kamatayan.

B. Ang mga Yugto ng Huling Araw

Sumasaklaw ang pananampalataya sa Huling Araw sa anumang magaganap matapos ng kamatayan kabilang sa sumusunod:

1. Ang Tukso sa Libingan Ang ibig sabihin nito ay ang pagtatanong ng mga anghel sa patay, matapos ng paglibing sa kanya, tungkol sa Panginoon niya, relihiyon niya, at propeta niya. Hinggil sa mananampalataya, sasagot siya sa mga tanong na ito, pagkatapos pagiginhawahin siya sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbuhay. Hinggil naman sa tagatangging-sumampalataya o mapagpaimbabaw, magsasabi siya: "Hindi ko nalalaman" at pagdurusahin siya sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbuhay.

2. Ang Pagbuhay Mag-uutos si Allāh kay Anghel Rafael (Isrāfīl) – sumakanya ang pangangalaga – na umihip sa tambuli sa ikalawang pag-ihip, kaya babangon ang mga tao mula sa mga libingan nila para sa Panginoon ng mga nilalang, pagkatapos magtutuos Siya sa kanila at gaganti Siya sa kanila sa mga gawa nila.

3. Ang Pagkalap Ito ay ang pagtipon sa mga tao para sa pagtutuos matapos ng paglabas nila mula sa mga libingan nila.

4. Ang mga Pahina at ang Timbangan
Bubuklatin ang mga pahina ng talaan ng mga
gawa. Magpapabatid si Allāh sa mga tao ng mga
gawa nila, pagkatapos itutukod ang mga
timbangan para sa pagtimbang sa mga gawang
iyon. Nagsabi si Allāh:

(وَإِذَا الصُّحُفُ نُشِرَتْ)

{kapag ang mga pahina ay inilatag,} (Qur'ān
81:10) Nagsabi pa si Allāh:

(وَنُضَعُ الْمُوَزينَ الْقَسطَ لِيَوْمِ الْقِيَمَةِ فَلَا تُظْلَمُ نَفْسٌ شَيْئًا)

{Maglalagay Kami ng mga timbangang
pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon,
kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang
kaluluwa sa anuman.} (Qur'ān 21:47)

5. Ang Landasin Ito ay isang manipis na tulay
na nakatukod sa ibabaw ng Impiyerno.
Makatatawid ang mga tao rito ayon sa sukat ng
mga gawa nila. Kaya ang sinumang babagsak mula
rito, siya ay sa Impiyerno; at ang sinumang
lalampas dito ay papasok sa Paraiso.

6. Ang Paraiso at ang Impiyerno Ang Paraiso
ay ang tahanan na inihanda ni Allāh para sa mga

lingkod Niya na mga mananampalataya. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 15:45):

(إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي جَنَّاتٍ وَعُيُونٍ)

{Tunay na ang mga tagapangilag magkasala ay nasa mga hardin at mga bukal.} Hinggil naman sa Impiyerno, ito ay ang tahanan na inihanda ni Allāh para sa mga tagatangging-sumampalataya at mga mapagpaimbabaw. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ جَامِعُ الْمُتَّقِينَ وَالْكَافِرِينَ فِي جَهَنَّمَ جَمِيعًا)

{Tunay na si Allāh ay magtitipon sa mga mapagpaimbabaw at mga tagatangging sumampalataya sa Impiyerno nang lahatan,} (Qur'ān 4:140)

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Huling Araw

Ang pananampalataya sa Huling Araw ay may maraming epektong kaaya-aya, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. nakapipigil ito sa pagtitiwala sa Mundo kapalit ng kapinsalaan sa Kabilang-buhay;

2. ang pagkadagdag sa pagmimithi sa paggawa ng mga pagtalima;

3. ang pagkadagdag sa pagkasindak sa paggawa ng mga pagsuway;

4. ang pagkaramdam ng Muslim ng pananagutan sa mga sinasabi niya at mga ginagawa niya;

5. ang hindi pagkalungkot ng mananampalataya sa nakaalpas sa kanya mula sa Mundo dahil sa minimithi niya na Kaginhawahan ng Kabilang-buhay at gantimpala roon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at tutugon ako.

Ang pananampalataya sa Huling Araw ay ang pinakamarami sa mga haligi ng Īmān sa pagkakabanggit sa Marangal na Qur'ān. Tinawag nga ni Allāh ang araw na ito sa maraming pangalan, na nagpapatunay sa katindihan nito at panganib nito.

Magbigay-patunay ka mula sa naisasaulo mo na kabilang sa mga pangalan ng Huling Araw ang sumusunod:

Ang Pangalan / Ang Ipinahihiwatig Nito

Ang Araw ng Pagbangon

Ang Araw ng Pagpapasya

Ang Araw ng Pagtutumbas

Ang Tagakalampag

Aktibidad 2: Makikilahok ako at tutugon ako.

Sa pakikilahok ng tagapagturo mo, basahin mo ang kasaysayan, pagkatapos sagutin mo ang sumusunod:

{Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa umuwi mula sa Lupain ng Etyopiya kabilang sa mga lumikas: **"Hindi ba kayo magsasanaysay sa akin hinggil sa mga kataka-taka na nakita ninyo sa Lupain ng Etyopiya?"** May nagsabing mga binata kabilang sa kanila: **"Opo, O Sugo ni Allāh. Samantalang kami ay nakaupo, may naparaan sa amin na isang matandang babaing kabilang sa matandang kababaihan ng mga monghe nila, na nagpapasan sa ulo niya ng isang pitsel ng tubig, saka naparaan siya sa isang binatang kabilang sa kanila, saka naglagay iyon ng isa sa mga kamay niyon sa pagitan ng mga balikat niya, pagkatapos itinulak siya niyon kaya bumagsak siya sa mga tuhod niya saka nabasag ang pitsel niya. Noong nakaangat siya, lumingon siya roon saka nagsabi: 'Malalaman mo, O sukab, kapag inilagay ni Allāh ang silya**

at tinipon Niya ang mga una at ang mga huli at nagsalita ang mga kamay at ang mga paa hinggil sa dating nakakamit nila: malalaman mo kung papaano ang naukol sa akin at ang naukol sa iyo sa piling Niya nang maaga." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsabi siya ng totoo. Nagsabi siya ng totoo."} (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 4010.)

1. Maglagay ka ng isang pamagat na naaangkop para sa ḥadīth.

2. Humango ka ng epekto ng pananampalataya sa Huling Araw mula sa kasaysayang ito.

Aktibidad 3: Maghuhulo ako.

Bumanggit ang Marangal na Qur'ān ng mga pang-isip na maliwanag na patunay sa pagbuhay sa Araw ng Pagbangon. Ayon sa liwanag niyon, mag-ugnay ka ng bawat pang-isip na patunay sa sumusunod sa āyah na nagpapatunay roon:

Ang Āyah

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَهُوَ الَّذِي يَبْدَأُ الْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُ وَهُوَ أَهْوَنُ عَلَيْهِ)

{Siya ay ang nagsisimula ng paglikha, pagkatapos nagpapanumbalik nito. Ito ay higit na madali sa Kanya.} (Qur'ān 30:27)

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَمِنْ ءَايَاتِنَا أَنَّا نَزَّلْنَا عَلَيْهَا الْمَاءَ
أَهْتَزَّتْ وَرَبَتْ إِنَّ الَّذِي أَحْيَاهَا لَمُحْيِ الْمَوْتَى إِنَّهُ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ
قَدِيرٌ)

{Kabilang sa mga tanda Niya na ikaw ay nakakikita na ang lupa ay tigang ngunit kapag nagpababa Kami sa ibabaw nito ng tubig ay gumalaw-galaw ito at lumago ito. Tunay na ang nagbigay-buhay rito ay talagang tagapagbigay-buhay sa mga patay. Tunay na Siya sa bawat bagay ay May-kakāyahan.} (Qur'ān 41:39)

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(أَوَلَمْ يَرَوْا أَنَّ اللَّهَ الَّذِي خَلَقَ السَّمُوتَ وَالْأَرْضَ وَلَمْ يَعْ
بِخَلْقِهِنَّ بِقَدِيرٍ عَلَى أَنْ يُحْيِيَ الْمَوْتَىٰ بَلَىٰ إِنَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ
قَدِيرٌ)

{Hindi ba nila napag-alaman na si Allāh na lumikha ng mga langit at lupa at hindi napata sa paglikha ng mga ito ay nakakakaya na magbigay-buhay sa mga patay? Oo; tunay na Siya sa bawat bagay ay May-kakāyahan.} (Qur'ān 46:33) Ang Patunay

Ang pagbibigay-buhay sa lupa matapos ng kamatayan nito sa pamamagitan ng pagbaba ng ulan.

Ang paglikha ng mga langit at lupa.

Ang pagbibigay-buhay sa mga tao matapos ng kamatayan nila ay higit na madali kaysa sa paglikha sa kanila sa simula.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

1. Makatatawid ang mga tao sa Landasin ayon sa sukat ng mga gawa nila.

2. Sa ikalawang pag-ihip, mamamatay dahil dito ang lahat ng nilikha.

3. Pagiginhawahin ang mananampalataya sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbuhay.

4. Titimbangin ang mga gawa matapos ng pagtanggap ng mga pahina ng gawa.

PANUTO 2: Ilagay mo ang mga sumusunod na salita sa harap ng naaangkop sa mga ito na mga parirala:

(ang pagkalap - ang libingan - ang pagbubuhay - ang landasin).

1. Ang libingan ay: ang una sa mga yugto ng Kabilang-buhay.

2. Ang landasin ay: ang tulay na itinukod sa ibabaw ng Impiyerno.

3. Ang pagkalap ay: ang pagtipon sa mga tao para sa pagtutuos.

4. Ang pagbuhay ay: ang pagbibigay-buhay sa mga patay mula sa mga libingan nila.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

1. Papaanong nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa Huling Araw?

2. Ipaliwanag mo ang epekto ng pananampalataya sa Huling Araw sa pagpapakatuwid ng Muslim.

F. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda;

2. makapagbigay-patunay ka na ang pananampalataya sa pagtatakda ay hindi nangangahulugan ng pagwaksi sa paggawa;

3. makapagpaliwanag ka sa mga bunga ng pananampalataya sa pagtatakda;

4. makapagsadamdamin ka ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda sa buhay ng Muslim;

5. malugod ka sa pagtatadhana ni Allāh (napakataas Siya) at pagtatakda Niya.

Aktibidad na Pang-umpisa

Kapatid kong mag-aaral, tayo ay nasa ikaanim at huling haligi ng mga haligi ng Īmān, kaya

isaalaala mo ang nalalabi sa mga haligi ng Īmān at isulat mo ang mga ito sa anyong ito:

Ang mga Haligi ng Īmān

A. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa Pagtatakda:

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay ang tiyakang paniniwala na ang bawat anumang nagaganap sa Sansinukob na kabutihan o kasamaan ay kabilang sa nalaman ni Allāh, itinala Niya, ninais Niya, at nilikha Niya. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ)

{Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa isang takda.} (Qur'ān 54:49)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa tagubilin niya kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya): **"... Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi magpapakinabang sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh para sa iyo; at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi pipinsala sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga pahina [ng**

talaan ng mga gawa]."} (Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad (2669) at Imām At-Tirmidhīy (2516).)

B. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda at ang Paggamit ng mga Kadahilanan

Hindi sumasalungat ang pananampalataya sa pagtatakda sa pagpupunyagi at paggamit ng mga kadahilanan dahil ang tao ay nagtatamo sa pamamagitan ng paggawa ng anumang itinakda ni Allāh para sa kanya.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{"Walang kabilang sa inyo na anumang kaluluwa malibang nalaman na ang tulutan niya sa Paraiso at Impiyerno." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, kaya bakit ba tayo gumagawa? Kaya bakit ba hindi tayo sumasalig [sa naitakda lamang]?" Nagsabi siya: "Hindi; gumawa kayo sapagkat ang bawat isa ay pinadali para sa kung ano ang nilikha para sa kanya."}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1362 at Imām Muslim: 2647.)

Ang tao ay hindi nakaaalam sa anumang itinakda ni Allāh sa kanya. Kaya papaanong mangangatwiran siya ng isang bagay na hindi niya nalalaman? Dahil dito, kailangan sa kanya ang pagpupunyagi sa pamamagitan ng paggawa sa paghahanap ng kabutihan para sa sarili niya.

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Pagtatakda

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay may maraming epekto, na kabilang sa mga ito:

1. Ang paglalakas-loob sa katatagan at katiyakan sa mahihirap na kalagayan.

2. Ang paglunas sa marami sa mga sakit na panlipunan gaya ng pagkamuhi at inggit.

3. Ang pagkalugod, ang pagtitiis, at ang pagwaksi sa pagkainis at pagkabagabag sa pagtatakda ni Allāh.

4. Ang pagpapakumbaba dahil ang mananampalataya sa pagtatakda ay nakatitiyak na ang anumang nasa kanya na biyaya ay mula kay Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay ako ng payo.

Kung sakaling mayroon kang isang kaibigang nagpunyagi upang magkamit ng isang anumang premyo ngunit nagdaan ang mga araw at sa kabila ng pagpupunyagi niya ay hindi siya nagkamit ng premyong iyon kaya naman nalungkot siya nang matinding pagkalungkot.

Magsulat ka ng isang payo para sa kaibigang ito sa pamamagitan ng natutuhan mo sa araling ito.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at tutugon ako.

Yumari si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) ng daong na nagligtas sa kanya si Allāh sa pamamagitan nito mula sa gunaw. Nagplano si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa paglikas niya patungo sa Madīnah, sa kabila ng lahat na si Allāh ay nakakakaya na mag-adya sa kanya nang wala niyon.

Bakit gumamit si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) at si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng mga kadahilanan?

Ano ang aral na nahihinuha mula rito?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot sa sumusunod at ilagay ito sa lugar ng puwang:

1. Ang pananampalataya sa pagtatakda ay bahagi ng ng pananampalataya.

(mga tagakumpleto - mga haligi).

2. Nagtakda si Allāh sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng
.....

(kabutihan at kasamaan - kabutihan hindi kasamaan).

3. Ang pananampalataya sa pagtatakda ay

.....

(hindi sumasalungat sa paggamit ng mga kadahilanan - humihiling ng pagwaksi ng mga kadahilanan).

PANUTO 2: Ipaliwanag mo ang epekto ng pananampalataya sa pagtatakda sa Muslim sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Kapag nagbigay sa kanya si Allāh ng isang biyaya.

2. Kapag dinapuan siya ng isang kasawian.

3. Kapag nakakita siya sa iba pa sa kanya na higit na marami sa mga yaman kaysa sa kanya.

PANUTO 3: Ang katapangan at ang kapanatagan ay may kaugnayan sa pananampalataya sa pagtatakda. Magpaliwanag ka niyon.

Ang Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

**Ang Unang Aralin: Ang Pagpapakilala
sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at**

Pangalagaan) at ang pinakamahalaga sa mga Katangian Niya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpaliwanag sa karangalan ng kaangkanan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

2. makapag-isa-isa ka ng mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), mga anak niya, at mga kamag-anak niya;

3. makapagsulat ka ng isang sinopsis tungkol sa mga pampisikal at pangkaasalang katangian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)';

4. makahango ka ng patunay sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

5. makatulad ka sa mga kaasalang pampropeta.

Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Kaangkanan ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Kapanganakan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang mga Maybahay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang mga Anak ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang mga Kamag-anak Niya

Ang mga Pampisikal at Pangkaasalang Katangian ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Kaangkanan ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang mga Pangalan Niya

Nagparangal si Allāh sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) dahil sa pagkakaugnay sa pinakamarangal sa mga lipi ng mga Arabe. Ang ama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay si `Abdullāh na anak ni `Abdulmuṭṭalib na anak ni Hāshim Al-Qurashīy. Ang ina ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa Quraysh din. Siya ay si Āminah na anak ni Wahb mula sa angkan ng Zuhrah Al-Qurashīyah. Nagwawakas ang kaangkanan ng Quraysh sa propeta ni Allāh na si Ismael (sumakanya ang pangangalaga).

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay may ilang pangalan, na kabilang sa mga ito ay Aḥmad, Al-Ḥashir, at Al-`Āqib.

Ang Kapanganakan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Pagpanaw Niya

Ipinanganak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa Makkah noong Taon ng Elepante, 571 CE. Pinapanaw naman siya noong Lunes ng ika-12 ng Rabī'ul'awwal, 633 CE sa Madīnah, sa edad na 63 taon.

Ang mga Maybahay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Humirang si Allāh ng mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at gumawa sa kanila bilang mga ina ng mga mananampalataya. Nagsasabi si Allāh:

(النَّبِيُّ أَوْلَىٰ بِالْمُؤْمِنِينَ مِنْ أَنفُسِهِمْ وَأَزْوَاجُهُ أُمَّهَاتُهُمْ)

{Ang Propeta ay higit na marapat sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila. Ang mga maybahay niya ay mga ina nila.} (Qur'ān 33:6) Sila ay sina

1. Khadījah bint Khuwaylid (malugod si Allāh sa kanya);

2. Sawdah bint Zam`ah (malugod si Allāh sa kanya);

3. `Ā'ishah bint Abī Bakr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa);

4. Ḥafṣah bint `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanilang dalawa);

5. Zaynab bint Khuzaymah (malugod si Allāh sa kanya);

6. Ummu Salamah Hind bint Abī Umayyah (malugod si Allāh sa kanya); 7. Zaynab bint Jaḥsh (malugod si Allāh sa kanya); 8. Juwayrīyah bint Al-Ḥārith (malugod si Allāh sa kanya); 9. Ummu Ḥabībah Ramlah bint Abī Sufyān (malugod si Allāh sa kanya); 10. Ṣafīyah bint Ḥuyay bin Akḥṭab (malugod si Allāh sa kanya); 11. Maymūnah bint Al-Ḥārith (malugod si Allāh sa kanya).

Ang mga Anak ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang mga Kamag-anak Niya

1. Ang mga lalaking anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sina Al-Qāsim, `Abdullāh, at Ibrāhīm. Namatay silang lahat noong sila ay mga bata pa. Ang mga babaing anak niya ay sina Zaynab, Ruqayyah, Ummu Kulthūm, at Fāṭimah. Lahat sila ay mula sa maybahay niyang si Khadījah maliban si Ibrāhīm sapagkat ang ina nito ay si Maria Al-Qibṭīyah.

2. Kabilang sa pinakatanyag sa mga kamag-anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan)' ang tiyuhin sa ama niya na si Ḥamzah bin `Abdulmuṭṭalib at ang tiyuhin sa ama niya na si Al-`Abbās, at ang anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Alīy bin Abī Ṭālib at ang anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanila).

Ang mga Pampisikal na Katangian ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay kabilang sa pinakamarikit sa mga tao sa hugis at anyo. Siya ay maputi ang kulay, nagniningning ang mukha, palangiti sa harap ng mga tao, katamtaman ang tikas, malapad ang dibdib, malaki ang mga balikat, makapal ang balbas.

Ang mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan. Nagsabi si Allāh:

(وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ)

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan.} (Qur'ān 68:4) Ito ay bahagi ng mga kadahilanan ng pag-ibig ng mga tao sa

kanya at pagpasok nila sa Islām. Kabilang sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ang sumusunod:

1. Ang Pagkamapagbigay at ang Katapangan Nagsasabi si Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): **"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamainam sa mga tao, ang pinakagalante sa mga tao, at ang pinakamatapang sa mga tao."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 2875.)

2. Ang Pagtitimpi ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Kabaitan Niya Nagsasabi si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): **"Hindi nagbuhat ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kailanman ng kamay niya sa anuman ni sa isang babae ni sa isang alila, maliban na makibaka siya sa landas ni Allāh (napakataas Siya). Walang ipinanakit mula sa kanya na anuman kailanman para maghiganti siya sa tagagawa niyon, maliban na may nilabag na anuman sa mga pagbabawal ni Allāh (napakataas Siya) sapagkat maghihiganti siya para kay Allāh (napakataas Siya)."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6853 at Imām Muslim: 2328.)

3. Ang Pagpapakumbaba Namuhay nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

kasama ng mga Kasamahan niya bilang kaibigan, kapatid, at ama. Nakikisama siya sa nakababata at nakatatanda. Kumakain siya, nagdadamit siya, at sumasakay siya tulad ng mga madlang tao.

4. Ang Pagtitiis Nagtiis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamemerhuwisyo ng Quraysh sa Makkah at nagtiis siya sa Madīnah sa pakana ng mga Hudyo at mga mapagpaimbabaw at kataksilan nila hanggang sa iniligtas siya ni Allāh laban sa kanila.

Nagtiis nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa pag-aanyaya, pagtuturo sa mga tao, at pakikibaka sa landas ni Allāh.

Nagtiis din ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkawala ng mga anak niya, sa karalitaan at karamdaman, at sa lahat ng mga trahedya sa Mundo.

5. Ang Pagpapaumanhin at ang Pagpapalampas Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay nagpapaumanhin sa mga gumagawa ng masagwa sa kanya hanggang sa tunay na siya ay nagpaumanhin sa mga mamamayan ng Makkah matapos ng pagkasakop nito sa kabila ng pamemerhuwisyo nila sa kanya at mga digmaan nila laban sa kanya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at maghuhulo ako.

Naglaman ang mga pangalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga paglalarawan sa kanya rin. Tinawag siya na ang Muqaffi (Isinunod) dahil siya ay sumunod sa bakas ng mga propeta sa pag-aanyaya para sa Tawhīd. Ayon sa liwanag niyon, mag-ugnay ka ng bawat pangalan mula sa mga pangalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa kahulugang naaangkop doon.

Ang Pangalan

Ang Propeta ng Awa

Muḥammad

Aḥmad

Al-`Āqib (Ang Tagatapos)

Ang Propeta ng Pagbabalik-loob Ang Kadahilanan ng Pagpapangalan Dumating siya pagkatapos ng mga propeta. Siya ay ang kahulihulihan sa kanila sapagkat walang propeta matapos niya. Dahil sa papuri sa kanya ng mga una at mga huli at iyon ay dahil sa mga kaaya-ayang katangian niya. Umabot siya sa pinakamataas sa mga antas ng mga kainaman at dahil siya ay pinakamapagpuri sa mga nagpupuri sa Panginoon niya. Siya ay madalas ang pagbabalik-loob kay

Allāh. Nagsugo sa kanya si Allāh bilang awa para sa mga nilalang.

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at maghihinuha ako.

Makipagtulungan ka kasama ng kaklase mo at maghinuha ka ng mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' mula sa mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(لَقَدْ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مِّنْ أَنفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ حَرِيصٌ عَلَيْكُمْ بِالْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ)

{Talaga ngang may dumating sa inyo na isang Sugo kabilang sa mga sarili ninyo, na mabigat sa kanya ang anumang ininda ninyo, na masigasig sa inyo, na sa mga mananampalataya ay mahabaging maawain.} (Qur'ān 9:128)

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(فَبِمَا رَحْمَةٍ مِّنَ اللَّهِ إِنَّتَ لَهُمْ^ط وَلَوْ كُنْتَ فَظًّا غَلِيظَ الْقَلْبِ لَانْفَضُّوا مِنْ حَوْلِكَ)

{Kaya dahil nga sa awa mula kay Allāh ay nagbanayad ka sa kanila. Kung sakaling ikaw ay naging isang mabagsik na magaspang ang puso ay talaga sanang nagkahiwa-hiwalay sila mula sa paligid mo.} (Qur'ān 3:159)

Nagsasabi si Anas (malugod si Allāh sa kanya): **"Hindi hiningian ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng anuman malibang nagbigay siya nito. May dumating nga sa kanya na isang lalaki saka nagbigay siya rito ng mga tupa sa pagitan ng dalawang burol."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2312.)

Nagsasabi si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya): **"Kami noon, kapag uminit ang labanan at nagtagpo ang mga tao laban sa mga ibang tao [sa digmaan], ay nagpapasanggalang kami sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 654.) Ang mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Ang Pagkahabag at ang Pagkaawa Ang Kabaitan at ang Kabanayaran Ang Kagalantehan at ang Pagkamapagbigay Ang Katapangan

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Nailalarawan ang Propeta sa dalas ng pagngiti-ngiti at kagandahan ng amoy.

2. Namukod ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa laki ng mga balikat at katangkaran ng tikas.

3. Ang mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may epekto sa pagtanggap ng paanyaya niya.

4. Lumitaw ang katapangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagsuong sa mga labanan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Ipinanganak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong taong:

(517 CE - 751 CE - 571 CE).

2. Kabilang sa mga pangalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang:

(Al-`Āqib - Al-Qāsim - `Abdullāh).

3. Pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong ang edad niya ay:

(53 عَامًا - 63 عَامًا - 73 عَامًا)

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang pangyayaring nagpapatunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

1. Ang Pagkamapagbigay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

2. Ang Pagpapaumanhin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

3. Ang Katapangan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

PANUTO 4: Magbuod ka ng pinakamahalaga sa nagpahanga sa iyo sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' at magsulat ka nito sa kuwaderno mo.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapag-isa-isa ka ng mga kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Mundo at Kabilang-buhay;

2. makahango ka ng patunay sa mga kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

3. makapagpabunga sa buhay mo ang pagkakilala mo sa katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

4. makapagdakila ka sa katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

5. umibig ka sa nalalabi sa mga propeta;

Paghahanda

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ako ay pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagbangon..." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 4712 at Imām Muslim: 2278.)

Dahil sa ano naging karapat-dapat ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa katayuang ito?

Nakakikilala ka ba ng mga iba pang kakanyahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?

Makakikilala ka niyon sa pamamagitan ng araling ito.

Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Mundo at Kabilang-buhay

Nagtangi si Allāh (napakataas Siya) sa Propeta nating si Muhammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa mga kakanyahan higit sa nalalabi

sa mga propeta, na kabilang sa mga ito ang nabanggit niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa sabi niya: **"Itinangi ako sa mga propeta sa anim: binigyan ako ng masasaklaw na mga pananalita, iniadya ako sa pamamagitan ng hilakbot, ipinahintulot para sa akin ang mga samsam sa digmaan, ginawa para sa akin ang lupa bilang pandalisay at patirapaan, isinugo ako sa nilikha sa kalahatan, at winakasan sa akin ang mga propeta."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 7013 at Imām Muslim: 523.)

Nagsabi pa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ako ay pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagbangon, kaunahan sa mabibiyak ang libingan, kaunahanang tagapagpamagitan, at kaunahanang pamamagitanin."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 4712 at Imām Muslim: 2278.)

Ang mga Kainaman ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Mundo

Ang Mensahe Niya ay Pangkalahatan.

Ang Pangwakas sa mga propeta

Binigyan Siya ng Masasaklaw sa mga Pananalita

Ginawa Para sa Kanya ang Lupa Bilang Masjid
at Bilang Pandalisay

Ang Pag-aadya sa Pamamagitan ng Hilakbot

Ipinahintulot sa Kanya ang mga Samsam ng
Digmaan

1. Ipinadala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao sa kalahatan. Ipinadala nga siya ni Allāh sa mga Arabe at sa iba pa sa kanila samantalang ang mga sugo bago niya ay ipinadadala ang bawat isa sa kanila sa mga tao niya lamang.

2. Ang Pangwakas sa mga Propeta Winakasan nga sa kanya ang mga makalangit na mensahe sapagkat walang propeta matapos niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'.

3. Binigyan Siya ng Masasaklaw sa mga Pananalita Nakapagpapahayag nga siya ng maraming kahulugan sa pamamagitan ng kaunting salita.

Aktibidad 2: Babanggit ako ng pananaw ko.

Kabilang sa mga katangian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nakapagsasalita nang may katatasan ng dilang Arabe. Ayon sa liwanag niyon, piliin mo ang tumpak na sagot sa pamamagitan ng paglalagay ng pananda sa harapan ng napiling tumpak sa sumusunod:

Ang pagkatuto ng wikang Arabe ay mahalaga para sa Muslim dahil ito ay magbibigay-kakāyahan sa kanya sa:

1. pag-intindi ng mga kahulugan ng Marangal na Qur'ān;

2. pag-alam sa mga patakaran ng mga pagsamba;

3. pagpapaabot ng Islām sa isang tumpak na anyo;

4. lahat ng naunang nabanggit.

4. Ginawa Para sa Kanya ang Lupa Bilang Masjid at Bilang Pandalisay. Kaya naman ang pagsasagawa ng ṣalāh, sa Batas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ay pinapayagan sa alinmang lupang dalisay at pinapayagan ang tayammum sa pamamagitan ng alabok bilang pamalit sa wuḍū' at ghusl kapag hindi nakatagpo ang Muslim ng tubig o kapag siya ay maysakit na hindi nakakakayang gumamit ng tubig.

5. Iniadya Siya sa Pamamagitan ng Hilakbot. Kaya naman ang mga kaaway niya ay nangangamba sa kanya sa sandali ng digmaan.

6. Ipinahintulot sa Kanya ang mga Samsam ng Digmaan: Nagpahintulot si Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng makukuha sa mga kaaway sa mga digmaan.

Ang mga Kainaman ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kabilang-buhay

Ang Pinuno ng mga Anak ni Adan

Ang Kauna-unahan sa Pagbibiyakan ng Libingan

Ang Tagapagtaglay ng Pinakamalaking Batis

1. Ang Pinuno ng mga Anak ni Adan sa Araw ng Pagbangon.

2. Ang Kauna-unahan sa Pagbibiyakan ng Libingan. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay ang kauna-unahang lalabas mula sa libingan sa sandali ng pagbuhay at pagkalap [ng mga patay].

3. Ang Kauna-unahang Tagapagpamagitan at ang Kauna-unahang Pamamagitanin. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ay ang kauna-unahang pahihintulutan ng pamamagitan sa Araw ng Pagbangon at ang kauna-unahang tatanggapan ng pamamagitan.

4. Ang Batis ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Araw ng Pagbangon ay Pinakamalaki sa mga Batis ng mga Propeta.

5. Ang Kauna-unahan sa Pagbubuksan ng Pinto ng Paraiso.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at hahango ako.

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang batis ko ay layo ng isang buwang paglalakbay.¹ Ang tubig nito ay higit na puti kaysa sa gatas. Ang amoy nito ay higit na kaaya-aya kaysa sa musk. Ang mga panalok nito² ay gaya ng mga bituin ng langit. Ang sinumang uminom mula rito ay hindi mauuhaw magpakailanman."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6579 at Imām Muslim: 2292.)

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, humango ka mula sa ḥadīth ng paglalarawan sa batis ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Magpaliwanag ka ng mga kahulugan ng bawat isa sa mga sumusunod na pahayag na nasaad kaugnay sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

1. Binigyan siya ng masasaklaw na mga pananalita:

¹ layo: Ibig sabihin: mangangailangan ang nakasakay ng isang buwan [na paglalakbay] upang umabot sa dulo nito.

² ang mga panalok nito: sisidlan na iinom sa pamamagitan nito.

2. Ginawa para sa kanya ang lupa bilang masjid:

3. Ang pinuno ng mga anak ni Adan:

4. Iniadya siya sa pamamagitan ng hilakbot:

PANUTO 2: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng "kauna-unahang tagapagpamagitan" at "kauna-unahang Pamamagitanin"?

Ang tagapagpamagitan ay ang papayagan sa pamamagitan at ang pamamagitanin ay ang tatanggapang ng pamamagitan.

Ang tagapagpamagitan ay ang pagkakalooban ng karapatan sa pamamagitan at ang pamamagitanin ay ang tatanggihang pagkalooban ng karapatang ito.

PANUTO 3: Magsulat ka ng tatlo sa mga kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' at humango ka ng patnubay sa mga ito mula sa napag-aralan mo.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpaliwanag ka ng mga kahulugan ng mga salita ng ḥadīth;

2. makapaglahad ka ng talambuhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

3. makapaghulo ka ng kahalagahan ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān;

4. makipagmabilisan ka sa pagbabasa ng Marangal na Qur'ān;

5. makapagsaulo ka ng ḥadīth na nasasaad sa aralin;

6. makapagdakila ka sa kalamangan ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.

Ayon kay `Abdullāh bin Mas'ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)}:

"Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ako nagsasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."} (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2910.)

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Siya ay si Abū `Abdirrahmān `Abdullāh bin Mas`ūd Al-Hudhalīy (malugod si Allāh sa kanya) .

Kabilang sa mga una sa mga Kasamahan ng Propeta na umanib sa Islām, siya ay kauna-unahan sa bumigkas nang malakas ng Marangal na Qur'ān sa Bahay na Pinakababanal.

Siya noon ay kabilang sa pinakamaalam sa mga Kasamahan sa Marangal na Qur'ān. Nagtagubilin ang Propeta (malugod si Allāh sa kanya) na kunin ang Qur'ān buhat sa kanya.

Pinapanaw siya sa Madīnah noong ika-32 taon ng Paglikas.

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita

katumbas sa sampung tulad nito Alif. Lām. Mīm. Ang Kahulugan ng mga Ito Pag-iibayuhin sa sampung ulit

Kabilang sa mga titik na hiniwa-hiwalay sa pagbigkas, na ipinambubungad ng ilan sa mga sūrah ng Marangal na Qur'ān

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang pagbabasa ng Marangal na Qur'ān ay may dakilang antas sa ganang kay Allāh. Dahil dito, pinangakuan ang tagabasa ng Qur'ān ng isang dakilang gantimpala at maraming magandang gawa. Kaya ang sinumang bumigkas ng iisang titik

ng Qur'ān, magbibigay sa kanya si Allāh ng isang magandang gawa, pagkatapos itatala para sa kanya ang sampung magandang gawa. Kaya halimbawa: ang sinumang bumigkas ng Alif. Lām. Mīm. sa simula ng Sūrah Al-Baqarah, magkakaroon siya ng 30 magandang gawa. Sa tuwing nagdaragdag ang tagabasa ng pagbigkas ng Qur'ān, nadaragdagan ang mga magandang gawa niya. Ito ay bahagi ng kabutihang-loob ni Allah at pagkamapagbigay Niya.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

1. Ang kalamangan ng pagbabasa ng Qur'ān at ang kasukdulan ng kabayaran nito.

2. Ang paghimok sa pagbabasa ng Marangal na Qur'ān at pagpaparami nito.

3. Ang pagpapatibay na ang mga magandang gawa ay pinag-iibayo ang gantimpala.

4. Ang pagkamapagbigay ni Allāh sa pagbibigay Niya ng sukdulang gantimpala sa kaunting gawa.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at maghuhulo ako:

Ang pagbabasa ng Qur'ān ay may maraming kainaman. Sa pakikipagsunuran sa tagapagturo

mo, huluhin mo ang ilan sa mga ito mula sa dalawang ḥadīth.

Ang Teksto

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Bigkasin ninyo ang Qur'ān sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagbangon bilang mapagpamagitan sa mga tagatangkilik nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 804.)

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Sasabihin sa tagatangkilik ng Qur'ān: Bumigkas ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa kahuli-hulihang talata na bibigkasin mo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1464 at Imām At-Tirmidhīy: 2914.) Ang Kainaman Ang Pamamagitan ng Marangal na Qur'ān sa Tagabasa Nito sa Araw ng Pagbangon Ang Pag-angat ng mga Antas ng Tagatangkilik ng Qur'ān sa Araw ng Pagbangon

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at magmumungkahi ako.

Nag-utos sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na mangalaga tayo sa naisaulo natin mula Marangal na Qur'ān sa pamamagitan ng sabi niya: **"Pagmalasakitan ninyo ang Qur'ān ..."** (Nagsalaysay nito sina

Imām Al-Bukhārīy: 5033 at Imām Muslim: 791.) upang hindi tayo makalimot sa naisaulo natin mula rito.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagmungkahi ng mga kaparaanang aalalay sa pagrepaso sa Marangal na Qur'ān at pagpapahusay rito.

Maaari kang makipag-ugnay sa isang pinagbabasahan para sa pagbigkas ng Qur'ān at pag-aaralan nito gaya ng Maqra'ah Al-Ḥaramayn sa link na ito: <https://maqraa.com/tl>



Aktibidad 3: Magtutuos ako at maghahambing ako.

Magtutuos ako ng bilang ng mga titik ng Sūrah Al-Ikhlāṣ at kung ilang magandang gawa ang matatamo sa mga ito ng sinumang bibigkas nito.

Maghambing ka ng naabot mo sa naabot ng kaklase mo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Pinag-iibayo ang gantimpala ng tagabasa ng Qur'ān hanggang sa pitong ulit. (X)

2. Si Ibnu Mas'ūd (malugod si Allāh sa kanya) ay kabilang sa pinakamaalam sa mga Kasamahan sa Marangal na Qur'ān. (✓)

3. Ang pag-organisa ng oras ay umaalalay sa pagsasaulo ng Marangal na Qur'ān. (✓)

4. Bumababa ang katiwasayan sa sinumang dumadalo sa mga umpukan ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Si `Abdullāh bin Mas'ūd (malugod si Allāh sa kanya) ay kauna-unahan sa bumigkas nang malakas ng Marangal na Qur'ān sa tabi ng:

(Pinarangalang Ka`bah - bahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' - Masjid ng Propeta).

2. Ang tagapagpamalagi sa pagbigkas ng Qur'ān ay ang bumibigkas nito sa bawat:

(buwan - linggo - araw).

3. Ang hadith na nasasaad sa aralin ay naghahain ng isang patunay sa pagkamapagbigay ni Allāh dahil sa:

(pagpababa ng Qur'ān - pag-iibayo ng magandang gawa - pagkalikha sa tao).

PANUTO 3: Isulat mo ang ḥadīth ng aralin mula sa memorya mo nang tatlong ulit.

PANUTO 4: Magpahayag ka ng damdamin mo matapos na nalaman mo ang dakilang kalamangang ito ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Panakip ng mga Pagkakasala

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglahad ka nang maiksi ng talambuhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

2. makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

3. makapagbuod ka ng pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

4. makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa ḥadīth;

5. makapangalaga ka sa pagsasagawa ng mga pagtalimang nasasaad sa

6. makapagsaulo ka ng teksto ng ḥadīth.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "**Ang limang dasal, ang Biyernes hanggang sa Biyernes, at ang Ramaḍān hanggang sa Ramaḍān ay mga tagatakip-sala sa pagitan ng mga ito kapag umiwas sa malalaking kasalanan.**"}

(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 574.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

ang Biyernes hanggang sa Biyernes

ang Ramaḍān hanggang sa Ramaḍān

mga tagatakip-sala

malalaking kasalanan mula sa ṣalāh sa Biyernes hanggang sa ṣalāh sa Biyernes na sumusunod doon mula sa pag-aayuno sa Ramaḍān hanggang sa pag-aayuno sa Ramaḍān na

sumusunod doon Kadahilanan ng Kapatawaran ng mga Pagkakasala Ang mga mabigat na pagkakasala na naglaan ang Batas ng isang takdang parusa para sa mga ito sa Mundo ng isang kaparusahan sa Kabilang-buhay ay tulad ng pangangalunya, pagnanakaw, at pakikinabang sa patubo.

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Si `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy (malugod si Allāh sa kanya) ay tinagurian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na Abū Hurayrah (Ama ng Kuting) dahil siya noon ay nagdadala ng isang pusa.

Umanib siya sa Islām noong taong 7 Hijrah. Nanatili siya sa pagsama sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' hanggang sa pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'.

Dumalangin para sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng kalakasan ng memorya at maging kaibig-ibig sa mga mananampalatayang lingkod Niya. Siya noon ay kabilang sa pinakamapagsaulo sa mga Kasamahan sa ḥadīth at pinakamarami sa kanila sa pagsalaysay nito sapagkat nagsalaysay siya buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng higit sa 5,000 ḥadīth.

Siya noon ay kabilang sa mga maalam sa mga Kasamahan at pinakamarami sa kanila sa pag-aanyaya at pagtuturo sa mga Muslim.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 59 Hijrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng lawak ng awa ni Allāh at kapatawaran Niya sapagkat bukod pa sa mabigat na gantimpala sa mga pagtalimang nababanggit sa ḥadīth, gumawa nga sa mga ito si Allāh bilang tagatakip-sala rin para sa mga pagkakasala.

Kabilang sa mga pagtalima na nagtatakip-sala sa mga pagkakasala ang limang ṣalāh sa bawat araw, ang ṣalāh sa Biyernes sa bawat linggo, at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān sa bawat taon.

Ang mga gawaing ito ay nagtatakip-sala sa maliliit sa mga pagkakasala. Hinggil naman sa malalaki tulad ng pangangalunya, pagnanakaw, kasuwailan sa mga magulang, at pakikinabang sa bawal na yaman, hindi makaiiwas sa isang pagbabalik-loob na natatangi sa bawat isa sa mga ito.

Si Allāh ay tumatanggap ng tapat na pagbabalik-loob mula sa lahat ng mga pagkakasala. Nagsabi si Allāh:

(قُلْ يٰعِبَادِيَ الَّذِينَ أَسْرَفُوا عَلَىٰ أَنفُسِهِمْ لَا تَقْنَطُوا مِن رَّحْمَةِ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ جَمِيعًا)

{Sabihin mo [na sinabi Ko]: “O mga lingkod Ko na nagpakalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong masiraan ng loob sa awa ni Allāh; tunay na si Allāh ay nagpapatawad sa mga pagkakasala nang lahatan. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.”} (Qur’ān 39:53)

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

1. Ang lawak ng awa ni Allāh.
2. Ang katayuan ng ṣalāh at pag-aayuno sa Islām.
3. Ang kainaman ng pamamalagi sa mga pagtalima.
4. Ang mga pagkakasala ay dalawang uri:

Ang mga pagkakasalang maliliit, na nagtatakip-sala rito ang mga pagtalima.

Ang mga pagkakasalang malalaki, na kinakailangan para sa mga ito ang isang natatanging pagbabalik-loob.

5. Ang panganib ng pagkakasadlak sa malalaking kasalanan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-aanalisa ako at maghuhulo ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Kapag may isang taong Muslim na dinatnan ng isang ṣalāh na isinatungkulin saka nagpapahusay siya ng pagsasagawa ng wuḍū' dito, kataimtiman dito, pagyukod dito, ito ay magiging isang panakip-sala sa anumang bago nito na mga pagkakasala hanggat hindi siya nakagawa ng isang malaking kasalanan."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 228.)

1. Isulat mo ang kainaman ng ṣalāh na ipinahiwatig ng ḥadīth.

2. Linawin mo ang anyo ng pagkakaugnay ng kainamang ito sa ḥadīth ng aralin.

Aktibidad 2: Hahango ako mula sa ḥadīth.

Magbigay ka mula sa ḥadīth ng isang pangungusap na nagpapahayag ng bawat anyo mula sa sumusunod:

Aktibidad 3: Mag-uulit-ulit ako at magsasaulo ako.

Ulit-ulitin mo ang ḥadīth sa kaklase mo hanggang sa maisaulo mo ito. Pagkatapos

magpalitan kayong dalawa ng pagpaparinig nito kasama ng pagtatala ng bawat isa sa inyong dalawa ng mga puna sa pagpaparinig ng iba, nang sa gayon makinabang mula sa mga ito sa pagkawasto ng pagsasaulo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Isinasakundisyon ang pagsasama ng tatlong pagsambang nasasaad sa aralin para sa pagtatakip-sala sa mga pagkakasala.

2. Tinatakpang-sala ang malalaki sa mga pagkakasala sa pamamagitan ng tapat na pagbabalik-loob.

3. Ang pangangalunya ay kabilang sa malalaking kasalanan dahil ang nakagawa nito ay pinapatawan ng takdang parusa.

4. Ang mga pagsamba ay nagtatakip-sala sa mga pagkakasala at nag-aangat ng mga antas.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Tumutulad tayo kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) sa sigasig sa:

(pagtuturo ng kaalaman - pagtipon ng yaman - pagpapatayo ng mga masjid).

2. Ang kahulugan ng "mga tagatakip-sala ng mga pagkakasala" sa ḥadīth ay:

(nagpapakaunti ng pagdurusa - nagpapatawad ng mga pagkakasala - nagtatakip ng mga kapintasan).

3. Nagtatakip-sala si Allāh sa pamamagitan ng limang ṣalāh ng:

(maliliit sa mga pagkakasala - malalaki sa mga pagkakasala - lahat ng mga pagkakasala).

4. Nagpapahiwatig ang ḥadīth sa kalamangan ng pag-aayuno sa:

(Araw ng `Arafah - Araw ng `Āshūrā' - Buwan ng Ramaḍān).

PANUTO 3: Kumpletuhin ang marangal na ḥadīth.

"Ang dasal, ang Biyernes hanggang sa, at ang Ramaḍān hanggang sa Ramaḍān ay mga tagatakip-sala sa pagitan ng mga ito kapag umiwas sa"

PANUTO 4: Ang paggawa ng mga pagtalima ay nagtatakip-sala sa mga pagkakasala at mga masagwang gawa. Sa ano nagpapatunay iyon?

Ang Ikalimang Aralin: Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpakilala ka sa kapita-pitagang Kasamahang si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya);

2. makapagpaliwanag ka sa mga kahulugan ng mga mahirap na salita;

3. makapagbuod ka ng pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

4. makapagpaliwanag ka sa kalamangan ng kagandahan ng palagay kay Allāh;

5. makapag-anyaya ka sa iba para manatili sa pagtalima at pagpapakatuwid;

6. makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

Pagpapaumpisa

Mayroong uri ng mga ḥadīth na tinatawag na mga banal na ḥadīth. Ang mga ito ay isinalaysay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' tungkol kay Allāh subalit ang mga ito ay hindi tulad ng Marangal na Qur'ān sa pagkamahimala.

Ang banal na ḥadīth na nasasaad sa araling ito ay nagpapatunay sa lawak ng awa ni Allāh sa mga mananampalataya.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya): Ako ay nasa ganang palagay ng lingkod Ko sa Akin. Ako ay kasama sa kanya nang nag-alaala siya sa Akin. Kung nag-alaala siya sa Akin sa sarili niya, mag-aalaala Ako sa kanya sa sarili Ko; at kung nag-alaala siya sa Akin sa isang konseho, mag-aalaala Ako sa kanya sa isang konseho na higit na mabuti kaysa sa kanila. Kung nagpakalapit siya sa Akin nang isang dangkal, magpapakalapit Ako sa kanya nang isang siko; at kung nagpakalapit siya sa Akin nang isang siko, magpapakalapit Ako sa kanya ng isang dipa. Kung pumunta siya sa Akin nang naglalakad, pupunta Ako sa kanya sa isang paspasan."}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 7405 at Imām Muslim: 2675.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Salita Ang Kahulugan Nito

konseho pangkat

dangkal layo sa pagitan ng dulo ng dalawang daliring hinliliit at hinlalaki

siko layo sa pagitan ng siko at mga dulot ng mga daliri

dipa layo ng kahabaan ng dalawang braso ng tao

paspasan mabilisan

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Siya ay ang Kasamahan ng Propeta na si `Abdurrahmān bin Ṣakhr (malugod si Allāh sa kanya), na nauna nang nabanggit ang maikling talambuhay niya.

Magdadagdag kami sa iyo ng isang kaalaman na siya ay nakilala sa dalas ng pag-aayuno, pagdarasal sa gabi, kawalang-hilig sa kamunduhan, at pagsasamabuting-loob sa ina niya.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang banal na ḥadīth na ito ay nagpapaliwanag na si Allāh ay magiging kasama sa mananampalataya kapag nag-alaala ito sa Kanya, kaya naman magtutuon Siya rito sa tama, maaawa Siya rito, at magbibigay Siya rito ng isang gantimpala at isang kabutihang-loob na higit na dakila kaysa sa gawa nito. Kaya kapag nag-alaala ang Muslim kay Allāh nang palihim, mag-aalaala

rito si Allāh nang palihim; at kapag nag-alaala ang mananampalataya sa Panginoon nito sa gitna ng mga tao, mag-aalaala rito si Allāh sa gitna ng mga anghel na pinalapit [sa Kanya]. Kung nagpakalapit ang mananampalataya kay Allāh sa pamamagitan ng isang pagtalima, mag-uukol si Allāh dito ng pagtanggap at gantimpala. Sa tuwing nagmamabilis ang mananampalataya sa pagtalima at nadaragdagan ito sa pagsamba, madaragdagan ang gantimpala nito at aangat ang antas nito sa ganang Panginoon nito.

Dahil dito, kinakailangan sa Muslim na magpaganda ng palagay sa Panginoon niya sapagkat si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay magkakaloob sa kanya ng kabutihan, magtatakda nito para sa kanya sa Mundo, tatanggap ng pagbabalik-loob niya, at magpapaumanhin sa kanya sa Kabilang-buhay.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

1. Ang paglilinaw sa kahalagahan ng kagandahan ng palagay kay Allāh at ang pag-ukol ng pagsamba sa Kanya at pagpapakalapit-loob sa Kanya.

2. Ang pag-alaala kay Allāh nang palihim at nang lantaran ay kabilang sa pinakamainam sa mga pagsamba.

3. Ang lawak ng awa ni Allāh at ang kabutihang-loob Niya sa nilikha Niya.

4. Ang sinumang tumalima kay Allāh, magbibigay Siya rito ng isang pabuya at gantimpalang dakila.

5. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawa. Kaya ang sinumang nagpalagay kay Allāh ng mabuti at gumawa ng mabuti, makatatagpo siya ng mabuti.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Huwag ngang mamatay ang isa sa inyo malibang siya ay nagpapaganda ng palagay kay Allāh – napakataas Siya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2877.)

Nagsabi si Ibrāhīm An-Nakha`īy: **"Ang Kanunuan ay nagtuturing na kaibig-ibig na bumanggit sila sa tao ng mga kagandahan ng gawa nito sa sandali ng kamatayan nito upang magpaganda ito ng palagay sa Panginoon nito."**

Pagbulay-bulayan mo ang dalawang tekstong ito, pagkatapos makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagtugon sa sumusunod:

1. Makapagbuod ka ng mahihinuha mula sa dalawang ito.

2. Ano ang anyo ng pagkakaugnay ng dalawang ito sa ḥadīth ng aralin?

3. Kailan itinuturing na kaibig-ibig para sa Muslim na magsaalaala ng mga maayos na gawa niya?

Aktibidad 2: Magpapahayag ako at magbibigay-katwiran ako.

Magpahayag ka ng pananaw mo sa ipinahihiwatig ng mga sumusunod na senaryo sa kagandahan ng palagay kay Allāh, kasama ng pagbanggit ng kadahilanan.

Ang Senaryo

Isang binatang tumigil sa pagdarasal at nagsasabi: "Tunay na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain."

Isang lalaking nangangalaga sa pagdarasal at pakikiugnay sa mga kaanak.

Hinuusayan ni Aḥmad ang trabaho niya at tinutulungan niya ang mga kapitbahay niya.

Isang binatang gumagawa ng mga ipinagbabawal at nagsasabi: "Magbabalik-loob ako kapag tumanda ako." Ang Pananaw Mo Ang Kadahilanan

Aktibidad 3: Magsasagawa ako ng pagtatasa (assessment) sa sarili ko.

Magtakda ka ng tatlong pagtalima na nangangalaga ka sa pagsasagawa sa mga ito at

nagmimithi ka ng dakilang gantimpala sa mga ito mula kay Allāh.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Napatanyag si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) sa dami ng pagsamba. (✓)

Ang pag-alaala kay Allāh ay nararapat palihim at hayagan. (✓)

Ang kagandahan ng palagay kay Allāh ay humahantong sa pagtigil sa mga pagtalima. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang banal na ḥadīth ay inuugnay:

(kay Allāh - sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' - kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga)).

Ang tinutukoy sa "mag-aalaala Ako sa kanya sa isang konseho na higit na mabuti kaysa sa kanila" sa ḥadīth ay:

(ang mga anghel - ang mga propeta - ang mga maalam).

Nararapat ang kagandahan ng palagay kay Allāh sa sandali ng:

(pagtigil sa pagsamba - paggawa ng pagsuway - kamatayan).

PANUTO 3: Kumpletuhin ang sumusunod na ḥadīth.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya): Ako ay nasa ganang palagay ng lingkod Ko sa Akin. Ako ay kasama sa kanya nang Kung nag-alaala siya sa Akin sa sarili niya, mag-aalaala Ako sa kanya sa; at kung nag-alaala siya sa Akin sa isang konseho, mag-aalaala Ako sa kanya sa isang konseho na higit na mabuti"**}

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Mahihinuha mula sa ḥadīth na ang ganti ay kabilang sa uri ng gawa. Magpaliwanag ka niyon.

Nagpatibay ang ḥadīth sa lawak ng awa ni Allāh. Magbigay-linaw ka niyon.

Ang Ikaanin na Aralin: Pitong Maglililim sa kanila si Allāh sa Lilim Niya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpalinaw ka sa mga kahulugan ng mga mahirap na salitang nasasaad sa ḥadīth;

2. makapagpaliwanag ka sa mga gawain ng pito na maglililim sa kanila si Allāh;

3. makapagbigay-halaga ka sa kahalagahan ng pagsamba kay Allāh sa yugto ng kabataan;

4. makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa ḥadīth;

5. makapagparinig ka ng ḥadīth ng aralin nang walang mga mali;

6. makatulad ka sa kapita-pitagang Kasamahan ng Propeta na si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya).

Pagpapaumpisa

Sa Lupain ng Kalapan [ng mga binuhay] sa Araw ng Pagbangon [ng mga patay], magtitipon ang mga nilikha, darami ang siksikan, titindi ang init, at mahihirapan ang mga tao dahil sa tagal ng pagtayo, maliban sa kakaunti sa mga tao na magiging nasa isang lilim at isang kaginhawahan. Sino sila? Ano ang ginawa nila upang maawa sa kanila si Allāh laban sa pagdurusa ng ito?

Para malaman ang tugon, mahal kung mag-aaral, basahin mo ang sumusunod na ḥadīth:

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na nagsabi: **"May pitong [uri ng tao na] maglililim sa kanila si Allāh sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Allāh; lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allāh: nagtitipon alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; lalaking tinukso ng isang babaing may katungkulan at karikitan ngunit nagsabi ito: 'Tunay na ako ay nangangamba kay Allāh'; taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa saka ikinubli nito iyon nang sa gayon hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito; at taong nakaalaala kay Allāh nang nag-iisa saka nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha]."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 660 at Imām Muslim: 1031.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Salita lilim Niya tinukso nang nag-iisa nag-umapaw ang mga mata nito Ang Kahulugan Nito Ang tinutukoy ay: ang lilim ng Trono

umakit sa kanya para mangalunya malayo sa mga tao lumuha ang mga mata nito dala ng pagdakila kay Allāh at dala ng pangamba sa Kanya

Ang mga lililiman ni Allāh sa lilim Niya ay:

1. makatarungang pinuno;
2. binatang lumaki sa pagsamba kay Allāh;
3. lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid;
4. dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allāh;
5. sinumang nag-iwan sa kahalayan dala ng pangamba kay Allāh;
6. tagapagkawanggawa nang palihim;
7. umiiyak dahil sa takot kay Allāh.

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Siya ay ang Kasamahan ng Propeta na si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), na nauna nang nabanggit ang maikling talambuhay niya.

Si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) noon ay nagsisigasig sa pagdikit sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)', paggawa ayon sa patnubay nito, at pagpapatupad ng mga utos nito at mga tagubilin nito. Kabilang doon ang sabi niya (malugod si Allāh sa kanya): **"Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko ng tatlong bagay na hindi ko iiwan hanggang sa mamatay ako: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dasal sa umaga, at pagtulog matapos ng**

witr." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1178 at Imām Muslim: 721.)

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Titindig ang mga tao sa Kalapan [ng mga binuhay] isang matagal na panahon matapos na lumabas sila mula sa mga libingan nila sa Araw ng Pagbangon [ng mga patay]. Sa araw na ito, ang araw ay magiging matindi ang init, dadaing ang lahat ng tao mula roon, maliban sa ilang pangkat ng mga mananampalataya, pararangalan sila ni Allah na sila ay nasa lilim ng trono Niya.

Binanggit nga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ang pitong uri na maglililim sa kanila si Allāh sa lilim ng Trono Niya. Sila ay:

1. ang makatarungang pinuno, na ang tinutukoy ay ang lahat ng mga tagapamahala at mga hukom na humahatol ayon sa katarungan;

2. binatang lumaki sa pagsamba kay Allāh, kaya naman nangangalaga siya sa mga pagtalima gaya ng pagdarasal at pagsasamabuting-loob sa mga magulang at tunitigil siya sa mga ipinagbabawal;

3. lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid, ibig sabihin: matindi ang pag-ibig sa mga masjid, tagapangalaga ng pagdarasal sa kongregasyon;

4. dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allāh: nagtitipon alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya, ibig sabihin: nagmamahal ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa dahil ito ay isang maayos na mananampalataya, na hindi nagmahal dito dahil iba pang pakay, at nanatili sila sa pag-ibig kay Allāh hanggang sa wakas ng buhay nila;

5. lalaking tinukso ng isang babaing may katungkulan at karikitan ngunit nagsabi ito: 'Tunay na ako ay nangangamba kay Allāh', ibig sabihin: lalaking hinilingan ng isang babaing marikit na may mataas na katayuan na gawin dito ang mahalay ngunit tumanggi siya roon dala ng pangamba kay Allāh;

6. taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa saka ikinubli nito iyon nang sa gayon hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito, ibig sabihin: nagkubli siya ng kawanggawa sa mga mata ng mga tao dahil siya ay nagpapakawagas kay Allāh at hindi nagnanais na magpaasiwa ng maralita;

7. taong nakaalaala kay Allāh nang nag-iisa saka nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha]: ibig sabihin: umiyak siya dala ng pangamba kay Allāh o dala ng pagmimithi sa awa ni Allāh o dala ng pananabik sa pakikipagkita kay Allāh o dala ng pagdakila sa kapangyarihan ni Allāh.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

1. Ang pagpaparangal ni Allāh sa mga alagad ng pagtalima sa Kanya sa harapan ng mga nilikha sa Araw ng Pagbangon.

2. Ang katarungan ay isang katangiang naiibigan sa Mundo at dakila ang pabuya sa Kabilang-buhay.

3. Ang pagkakinakailangan ng pagsamantala sa yugto ng kabataan sa pagtalima kay Allāh.

4. Ang kalamangan ng kawagasan sa pagkakawanggawa at pagpapatayo ng mga masjid.

5. Ang pag-ibig alang-alang kay Allāh ay isang kadahilanan sa kaligāyahan sa Mundo at Kabilang-buhay.

6. Ang paglayo sa mga nasang ipinagbabawal ay may mabigat na pabuya sa Kabilang-buhay.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako sa pagitan ng katangian at patunay nito.

Mag-uugnay ka ng bawat katangian mula sa sumusunod sa ipinahiwatig mula sa mga pananalita ng marangal na ḥadīth.

Ang Katangian

Ang Kawagasan sa Pagsamba

Ang Pagpapakatuwid sa Pagtalima kay Allāh

Ang Kalinisang-puri

Ang Katarungan

Ang Pangamba kay Allāh Ang Parirala na
Ipinahihiwatig Mula sa Ḥadīth

Aktibidad 2: Magbabasa ako at tutugon ako.

Ang isa sa mga Kasamahan ay nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' saka may dumaang isang lalaki saka nagsabi ang Kasamahan: "O Sugo ni Allāh, tunay na ako ay talagang umiibig [sa taong] ito." Kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ipinaalam mo ba sa kanya?" Nagsabi ito: "Hindi po." Nagsabi siya: "Ipaalam mo sa kanya." Kaya hinabol nito iyon at nagsabi ito roon: "Tunay na ako ay umiibig sa iyo alang-alang kay Allāh." Kaya nagsabi ang lalaki: "Umibig nawa sa iyo ang umibig ka sa akin alang-alang sa Kanya."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 5125.)

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, ipaliwanag mo ang pabuya ng pag-ibig alang-alang kay Allāh gaya ng nasaad sa ḥadīth na ito at ḥadīth ng aralin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Sagutin mo ang sumusunod sa pamamagitan ng pagpili ng "Oo" o "Hindi".

1. Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid" ay nangangahulugang: "maibigin sa mga masjid." (Oo - Hindi)

2. Ang ḥajj ay napaloloob sa mga gawaing nasasaad sa ḥadīth. (Oo - Hindi)

3. Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha]" ay nangangahulugang: "nagkasakit ang mga mata niya." (Oo - Hindi)

4. Mahihinuha mula sa ḥadīth ang kalamangan ng kawagasan sa pagkakawanggawa. (Oo - Hindi)

5. Gumagabay sa atin ang ḥadīth sa kalamangan ng pagdalangin ng biyaya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)'. (Oo - Hindi)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "makatarungang pinuno" ay sumasaklaw sa:

(mga tagapagturo - mga hukom - mga tagapag-anyaya sa Islām).

2. Nailalarawan ang binata na tumanggi sa paggawa ng mahalay sa:

(kalinisang-puri - katapatan - katarungan).

3. Ang pag-iyak ay isang kadahilanan sa paglilim ng Trono sa Araw ng Pagbangon kapag ito ay:

(dala ng pangamba sa mga tao - dala ng takot kay Allāh - dahilan sa karamdaman).

PANUTO 3: Isulat mo ang ḥadīth mula sa memorya mo.

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

1. Ipaliwanag mo ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa saka ikinubli nito iyon nang sa gayon hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito"**

2. Magsulat ka ng tatlong katuturan na natutuhan mo mula sa ḥadīth.

3. Ano ang nagpahanga sa iyo sa personalidad ng Kasamahang si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya)?

Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakarán

Ang Unang Aralin: Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍū'

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka sa kahalagahan ng ṭahārah sa buhay ng Muslim;

2. makapagsunud-sunod ka sa mga gawain ng wuḍū';

3. makahango ka ng patunay sa mga kainaman ng wuḍū';

4. makapagsagawa ng wuḍū' sa isang tumpak na paraan;

Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍū'

Ang Kahalagahan ng Ṭahārah at ang Kainaman
Nito

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wuḍū'

Ang Kainaman ng Wuḍū'

Ang Kahalagahan ng Ṭahārah

Nagpahalaga ang Islām sa ṭahārah nang isang malaking pagpapahalaga. Ginawa na kabilang sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh ang sumusunod:

Ang ṭahārah ng katawan, mga damit, at lugar. Nagsabi si Allāh sa Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Sa mga damit mo ay magdalisay ka. }** (Qur'ān 74:4)

Ang ṭahārah mula sa malaking ḥadath at maliit na ḥadath:

1. Ang malaking ḥadath. Ito ay sa pamamagitan ng paghuhugas sa buong katawan sa mga kalagayan na kinakailangan sa mga ito ang paligo (ghusl).

2. Ang maliit na ḥadath. Ito ay sa pamamagitan ng wuḍū'. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang tinatangap na ṣalāh nang walang pagdadalisyay."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 224.)

Ang Kainaman ng Ṭahārah

1. Ang ṭahārah ay isang kadahilanan sa pag-ibig ni Allāh sa tao. Nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ التَّوَّابِينَ وَيُحِبُّ الْمُتَطَهِّرِينَ)

{Tunay na si Allāh ay umiibig sa mga palabalik-loob at umiibig sa mga nagpapakadalisyay.}" (Qur'ān 2:222)

2. Ang pagkadalisyay ay kalahati ng pananampalataya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pagkadalisyay ay kalahati ng pananampalataya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 223.) Ang tinutukoy na pananampalataya rito ay ang ṣalāh.

3. Ang wuḍū' ay isang kadahilanan sa pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū', lalabas ang mga kasalanan niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas ang mga ito sa ilalim ng mga kuko niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 245.)

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wuḍū'

Lilinaw para sa iyo ang pamamaraan ng wuḍū' sa pamamagitan ng sumusunod na pagalalarawan:

1. Maglalayon na magsagawa ng wuḍū' at magsasabi ng: "Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh)."

2. Maghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit.

3. Magmumog at sisinghot ng tubig nang tatlong ulit at magsisinga nito sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

4. Maghuhugas ng mukha nang tatlong ulit.

5. Maghuhugas ng kanang kamay pagkatapos kaliwang kamay mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa siko nang tatlong ulit.

6. Magpapahid sa ulo nang iisang ulit.

7. Papahiran ang mga tainga at papahiran ang mga tainga kasama ng ulo.

8. Huhugasan ang mga paa nang tatlong ulit kasama ng mga bukungbukong. Magsisimula sa kanan, pagkatapos sa kaliwa. (Larawan ng isang taong naghuhugas ng paa niya.)

Matapos ng pagwawakas ng pagsasagawa ng wuḍū', magsasabi ng: **"Ashhadu an lā ilāha illa – llāhu wa-anna Muḥammadan `abdu –llāhi wa-rasūluh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Lingkod ni Allāh at Sugo Niya.)"**

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magtatanong ako at magsusulat ako.

Isinasabatas ang pagsasagawa ng wuḍū' sa sarisaring kalagayan, na sa ilan sa mga ito ay nagiging kinakailangan at sa ilan sa mga ito ay

nagiging itinuturing na kaibig-ibig. Sa pamamagitan niyon:

1. Bumanggit ka ng dalawang kalagayang kinakailangan sa dalawang ito ang wuḍū'. (Bago magsagawa ng ṣalāh - Bago humipo ng Muṣḥaf)

2. Bumanggit ka ng dalawang kalagayang itinuturing na kaibig-ibig sa dalawang ito ang wuḍū'. (Sa sandali ng pagsambit ng dhikr kay Allāh - sa sandali ng pagtulog)

Aktibidad 2. Magkakaloob ako ng pagpapayo.

Ensayuhin mo ang sambahayan mo sa pamamaraan ng wuḍū' na natutuhan mo.

Magbulay-bulay ka sa pagpapatupad ng pamamaraan ng wuḍū' ng ilan sa sambahayan mo, pagkatapos itumpak mo nang may kabaitan ang pagsasagawa ng wuḍū' ng sinumang nagkamali sa kanila.

Aktibidad 3: Hahango ako.

Basahin mo ang sumusunod na teksto at iugnay mo ito sa wuḍū', pagkatapos linawin mo ang kainamang nasasaad dito.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Walang kabilang sa inyo na isang nagsasagawa ng wuḍū' saka naglubus-lubos sa pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos nagsasabi: Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si**

Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya, malibang bubuksan para sa kanya ang walong pintuan ng Paraiso, na papasok siya mula sa alinman sa mga ito na lolobin niya."
(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 234.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Ang wuḍū' ay isang kundisyon kabilang sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh. (✓)

2. Kinakailangan ang maghugas ng mga bukungbukong kasama ng mga paa sa wuḍū'. (✓)

3. Napalolob ang siko sa paghuhugas ng mga kamay sa wuḍū'. (✓)

4. Kinakailangan ang maghugas ng ulo at mga tainga sa wuḍū' nang tatlong ulit. (X)

PANUTO 2: Pagsunud-sunurin ang mga sumusunod na gawain ng wuḍū' ayon sa tumpak na pagkakasunud-sunuran sa pamamagitan ng paglalagay ng numero sa tumpak na lugar.

Ang mga Gawain ng Wuḍū' Pagkakaayos, Pagsasaayos

Ang Paghuhugas ng Mukha 5

Ang pagmumog nang 3

Ang Paghuhugas ng mga Kamay Hanggang sa mga Siko 6

4 Ang Pagsinghot ng Tubig at ang Pagsinga Nito

Ang Pagpapahid sa mga Tainga 8

Ang Paghuhugas ng mga Paa 9

Ang Pagpahid sa Ulo 7

Ang Paghuhugas ng mga Kamay 2

Ang Layunin at ang Pagsabi ng Bismi –llāh 1

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay mula sa marangal na ḥadīth sa kainaman ng wuḍū'.

PANUTO 4: Mayroong kaugnayan sa pagitan ng ṭahārah at pananampalataya. Magpaliwanag ka niyon ayon sa liwanag ng napag-aralan mo.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka sa mga kalagayang pinapayagan sa mga ito ang pagsasagawa ng tayammum;

2. makapagpapatupad ka ng pamamaraan ng tayammum sa isang tumpak na paraan;

3. makapagpapatupad ka ng pamamaraan ng pagpahid sa khuff sa isang tumpak na paraan;

4. makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng pagpahid sa khuff at pagpahid sa balangkat;

5. makapagbigay-halaga ka sa pagpapagaan ng Sharī`ah sa mga may maidadahilan.

Una. Ang Tayammum

Ang tayammum ay ang pagpahid sa mukha at mga kamay ng dalisay na alabok kalakip ng layunin ng pagsasagawa ng ṭahārah. Iyon ay bilang pamalit sa wuḍū' at ghusl.

Ang mga kalagayan na isinasabatas sa mga ito ang pagsasagawa ng tayammum:

1. Sa sandali ng kawalan ng tubig;

2. Kapag ang tubig na naririyang ay sasapat lamang para inumin, yayamang pinangangamban ang pagkauhaw para sa sarili o sa iba pa;

3. Kapag ang Muslim ay maysakit, na makadaragdag sa pagkakasakit ang paggamit ng tubig.

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng tayammum

1. Maglalayon ang Muslim na magsagawa ng tayammum, pagkatapos magsasabi siya ng Bismi – llāh.

2. Magtatapik siya ng mga kamay niya sa alabok na dalisay nang iisang pagtapik.

3. Magpapahid siya ng mga kamay niya sa mukha niya.

4. Magpapahid siya ng mga kamay niya sa ibabaw ng mga kamay.

Panoorin mo ang pamamaraan ng tayammum:

B. Ang Pagpupunas sa Khuff

Ang khuff ay ang isinusuot sa mga paa, na yari sa katad o lana o tela o anumang nakawawangis nito.

Ang mga Kundisyon sa Pagpayag sa Pagpahid sa Khuff

1. Na ang khuff ay nakatatakip sa paa sa pamamagitan ng pagtatakip sa mga paa kasama ng mga bukungbukong;

2. Na magsuot ang Muslim ng khuff habang nasa ṭahārah.

Ang Paraan ng Pagpahid sa Khuff

Maglalagay ang Muslim ng mga daliri ng mga kamay na binasa ng tubig sa ibabaw ng mga daliri ng mga paa, pagkatapos padadaanin niya ito

papunta sa mga binti niya. Magpapahid siya nang iisang ulit sa ibabaw ng mga paa at hindi siya magpapahid sa ilalim ng khuff.

Panoorin mo ang pamamaraan ng pagpahid sa khuff dito:

C. . Ang Pagpahid sa Balangkat

Ang balangkat ay ang itinatali sa mga pilay o mga sugat nang sa gayon gumaling ang mga ito, na gaya ng plaster, mga benda, at tulad ng mga ito.

Magpapahid ang Muslim sa balangkat ayon sa pangangailangan sa kung saan ito nasa pilay o sugat. Ang pagpahid sa wuḍū' ay nasa bahaging pinagsasagawaan ng wuḍū' lamang. Sa ghusl ay magpapahid sa balangkat sa kabuuan nito.

Hindi isinasakundisyon para sa pagpahid sa balangkat na ilagay ito habang nasa ṭahārah, na kasalungatan sa khuff.

Ang pagpahid sa balangkat ay walang tinakdaang oras; bagkus magpapahid dito hanggang sa gumaling ang pilay o ang sugat.

Panoorin mo ang pamamaraan ng pagpahid sa balangkat mula rito:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makakikilala ako ng kaibahan.

Tumingin ka sa dalawang sumusunod na larawan. Linawin mo ang tumpak na gawain at ang maling gawain kasama ng paglilinaw sa kadahilanan.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at hahango ako.

Nagsabi si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) kaugnay sa pagpahid sa khuff: **"Nagtalaga ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)" ng tatlong araw at mga gabi nito para sa tagapaglakbay at isang araw at isang gabi para sa residente.**" Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 276. Hanguin mo mula sa ḥadīth ang yugto ng bisa ng pagpahid sa khuff para sa residente at para sa tagapaglakbay.

Tatlong araw at mga gabi nito para sa tagapaglakbay at isang araw at isang gabi para sa residente.

Aktibidad 3: Makikilahok ako sa pag-aaral.

Makilahok ka sa pamilya mo sa panonood ng pamamaraan ng pagpahid sa khuff at balangkat, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila sa pagpapatupad nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Isinasakundisyon para sa pagpahid sa khuff ang pagsusuot ng mga ito habang nasa ṭahārah. (✓)

Ang pagpahid sa khuff ay isang permiso mula kay Allāh. (✓)

Kinakailangan ang pagpahid sa lahat ng mga bahaging pinagsasagawaan ng wuḍū' sa sandali ng pagsasagawa ng tayammum. (X)

Ang pagpahid sa balangkat ay walang tinakdaang oras. (✓)

PANUTO 2: Magsagawa ka ng pagsusunod-sunod ng mga gawain ng tayammum sa sumusunod:

PANUTO 3: Magsulat ka ng mga anyo ng pagkakasang-ayon at pagkakaiba-iba sa pagitan ng pagpahid sa khuff at pagpahid sa balangkat sa sumusunod na talahanayan:

Ang Anyo ng Paghahambing Ang Lugar ng Pagpahid Ang Paraan ng Pagpahid Ang Yugto ng Bisa ng Pagpahid Ang Pagpahid sa Khuff Ang Pagpahid sa Balangkat

PANUTO 4: Bumanggit ka ng dalawang kalagayan na pinapayagan ang tayammum sa dalawang ito sa kapalit ng wuḍū' at ghusl.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Ghusl

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagbigay-pakahulugan ka sa ghushl;
2. makapaglarawan ka ng mga gawain ng ghushl;
3. makapaglinaw ka sa mga kalagayan na nag-oobliga ng ghushl;
4. makapagbigay-halaga ka sa pagmamalasakit ng Shari'ah sa kalinisan.

Paghahanda

Matapos na nag-utos si Allāh ng pagsasagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh, nagsabi Siya:

(وَإِنْ كُنْتُمْ جُنُبًا فَاطَّهَّرُوا)

{Kung kayo ay kailangang-magdalisay ay magpakadalisay kayo.} (Qur'an 5:6)

Kaya ano ang kahulugan ng kailangang-magdalisay (junub)?

Ano ang kinakailangan dito?

Ang Ghushl

Ang Pinapakay ng Ghusl

Ang mga Kalagayan na Kinakailangan sa mga Ito ang Ghusl

Ang Kahalagahan ng Ghusl

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ghusl

Ang Pinapakay ng Ghusl

Ang ghushl ay paglubos ng pagbasa ng tubig sa buong katawan nang may layunin ng pagsasagawa ng ṭahārah.

Ang mga Kalagayan na Kinakailangan sa mga Ito ang Ghusl

1. Ang iḥtilām (wet dream) ng lalaki o babae sa sandali ng pagkatulog.

2. Ang paglabas ng manīy habang gising sa kundisyon na may naramdamang sarap sapagkat kung lumabas ito nang walang sarap, hindi kinakailangan ang ghushl, gaya ng paglabas nito dahil sa karamdaman.

3. Ang pakikipagtalik. Iyon ay kapag pumasok ang ulo ng ari ng lalaki sa ari ng babae.

4. Ang pagkahinto ng paglabas ng dugo ng regla o nifās sapagkat kinakailangan ang ghushl sa babae matapos ng pagwawakas ng yugto ng regla at nifās.

5. Ang Pag-anib sa Islām

Para sa Ano Kinakailangan ang Ghusl

1. Para sa ṣalāh, yayamang kinakailangan na ang Muslim ay maging nagpapakadalisay mula sa malaking ḥadath kapag nagkatotoo ang isa sa mga kalagayan na kinakailangan sa mga ito ang ghush. Kaya kung nagsagawa siya ng ṣalāh bago magsagawa ng ghush, ang ṣalāh niya ay hindi tumpak.

2. Para sa pagpapahintulot sa pagsaling ng Muṣḥaf at pagbabasa ng Qur'ān kaya naman hindi pinapayagan para sa junub ang sumaling ng Muṣḥaf ni ang magbasa ng Marangal na Qur'ān hanggang sa makapagsagawa siya ng ghush.

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ghush

Makasasapat sa Muslim na maglubos ng pagbasa ng tubig sa buong katawan kasama ng layunin ng pagpawi ng ḥadath.

Ang sinumang nagnais ng kalubusan, isinasabatas para sa kanya ang mga sumusunod na hakbang:

1. Maglalayon siya na magsagawa ng ṭahārah para magpawi ng malaking ḥadath, pagkatapos magsabi siya ng: Bismi -llāh.

2. Maghuhugas siya ng mga kamay nang tatlong ulit, pagkatapos maghuhugas siya ng ari niya hanggang sa luminis ito, pagkatapos magsasagawa siya ng wuḍū' para sa ṣalāh.

3. Magbubuhos siya ng tubig sa ulo niya nang tatlong ulit at magkukuskos siya nang buhok niya hanggang sa umabot ang tubig sa anit niya (tinutubuan ng buhok sa ulo).

4. Magbubuhos siya ng tubig sa buong katawan niya. Magsisimula ang ghusl sa kanang bahagi ng katawan, pagkatapos sa kaliwang bahagi.

Ayon sa ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag naligo siya dahil sa janābah, ay naghuhugas ng mga kamay niya at nagsasagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh, pagkatapos naliligo, pagkatapos nagsisingit ng kamay niya sa buhok niya. Hanggang sa nang nakatiyak siya na siya ay nakabasa na ng anit nito, nagbubuhos siya rito ng tubig nang tatlong ulit, pagkatapos naghuhugas siya ng nalalabi sa katawan niya.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 248 at Imām Muslim: 316.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Manonood ako at maghahambing ako.

Ipaghambing mo ang natutuhan mo tungkol sa paraan ng pagsasagawa ng ghusl sa nasaad sa video clip na ito:

Aktibidad 2: Mag-aanalisa ako at tutugon ako.

Sa pakikipagsunuran sa tagapagturo mo, hanguin mo ang kadahilanan ng pagsasagawa ng ghusl sa dalawang teksto.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَقْرَبُوا الصَّلَاةَ وَأَنتُمْ سُكَرَىٰ حَتَّىٰ تَعْلَمُوا
مَا تَقُولُونَ وَلَا جُنُبًا إِلَّا عَابِرِي سَبِيلٍ حَتَّىٰ تَغْتَسِلُوا)

{O mga sumampalataya, huwag kayong lumapit sa pagdarasal habang kayo ay mga lasing hanggang sa makaalam kayo sa sinasabi ninyo ni habang mga kailangang-maligo, malibang mga tumatawid sa landas [ng pagdarasalan], hanggang sa makapaligo kayo.} (Qur'ān 4:43)

Ayon kay Umm Salamah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumunta si Umm Sulaym sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' saka nagsabi: “O Sugo ni Allāh, tunay na si Allāh ay hindi nahihiya sa katotohanan. Kaya kailangan kaya sa babae ang ghusl kapag nanaginip siya ng pakikipagtalik?” Kaya nagsabi siya: **“Oo, kapag nakita niya ang likido.”}**

(Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 282 at Imām Muslim: 313.)

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at tutugon ako.

Matapos na matutuhan mo ang mga kalagayan ng pagkakinakailangan ng ghusl, bumanggit ka ng dalawang kalagayang itinuturing na kaibig-ibig para sa dalawang ito ang magsagawa ng ghusl.

Ang Ṣalāh sa Araw ng Biyernes

Ang Ṣalāh sa Dalawang `Īd

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Kinakailangan ang pagsasagawa ng ghusl ng junub kaagad-agad kapag dumating ang oras ng ṣalāh. (✓)

2. Ipinagbabawal sa junub ang pagsaling ng Muṣḥaf bago magsagawa ng ghusl. (✓)

3. Kinakailangan ang magsagawa ng ghusl kapag lumabas ang manīy dahilan sa karamdaman. (X)

4. Kinakailangan ang magsagawa ng ghusl kapag pumasok ang unahan ng ari ng lalaki sa ari ng babae. (X)

PANUTO 2: Pagsunud-sunurin ang mga sumusunod na gawain ng ghusl:

(ang paghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit - ang layunin ng pagsasagawa ng ṭahārah - ang pagbuhos ng tubig sa katawan - ang paghuhugas ng ari).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagbibigay-kahulugan sa ghusl?
2. Magpaliwanag ka ng dalawang kalagayan mula sa mga kalagayan ng pagkakinakailangan ng ghusl.
3. Nilayon ng Muslim ang magsagawa ng ghusl, pagkatapos lumangoy siya sa dagat hanggang sa nabasa ang buong katawan niya. Kaya ano ang hatol sa pagpaligong ito?

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Ṣalāh

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makahango ka ng patunay sa katayuan ng ṣalāh mula sa Qur'ān at Sunnah;

2. makapaglinaw ka sa kahalagahan ng ṣalāh sa buhay ng Muslim at kabilang-buhay niya;

3. makapagsadamdamin ka sa panganib ng pagwaksi sa ṣalāh o pagwawalang-bahala rito;

4. makapagpahayag ka ng pagbibigay-halaga mo sa kahalagahan ng ṣalāh at pagpapahalaga mo rito.

Paghahanda

Ang lahat ng mga pagsamba ay isinatungkulin ni Allāh sa Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' sa lupa sa pamamagitan ng pagkasi na ibinaba ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga), maliban sa ṣalāh sapagkat tunay na si Allāh ay nagsatungkulin nito kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa gabi ng Isrā' at Mi'rāj nang direktahan nang walang isang tagapagpagitna.

Kaya ano ang ipinahihiwatig niyon?

Ang Katayuan ng Ṣalāh sa Islām

Ang Ṣalāh ay ang Poste ng Relihiyon

Ang Ṣalāh ay Palatandaan ng Islām

Ang Kauna-unahang Tungkulin Matapos ng Tawhīd

Ang Kahuli-hulihan sa Tagubilin sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Kauna-unahan sa Tutuusin Dahil Doon ang Tao

Kadahilanan ng Pagtatakip-sala sa mga Pagkakasala

Ang ṣalāh ay may malaking katayuan sa Islām. Kabilang sa nagpapatunay roon ay ang sumusunod:

1. Ang Ṣalāh ay ang Poste ng Relihiyon

Kaya ito ay ang sandalan ng Relihiyon na hindi tatayo malibang sa pamamagitan nito. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ulo ng usapin ay ang Islām at ang poste nito ay ang ṣalāh."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2616.)

2. Ang Ṣalāh ay Palatandaan ng Islām

Kaya naman ang pangangalaga sa pagsasagawa ng ṣalāh ay palatandaan ng pagpapakatuwid sa Islām. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang kasunduan na nasa pagitan natin at nila ay ang ṣalāh, kaya ang sinumang umiwan nito ay tumanggi ngang sumampalataya."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2621.)

3. Ang Kauna-unahang Tungkulin Matapos ng Tawhīd

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا
الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ وَذَلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ)

{Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo, magpanatili sila ng dasal, at magbigay sila ng zakāh. Iyon ay ang relihiyon ng pagkamatuwid.}
(Qur'an 98:5)

4. Ang Kahuli-hulihan sa Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang pangangalaga sa ṣalāh ay kahuli-hulihan sa tagubilin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang nagsabi siya: **"Ang ṣalāh! Ang ṣalāh!"** Nagsalaysay nito sina Imām Ahmad: 26483 at Imām Ibnu Mājah: 1625. Ibig sabihin: Manatili kayo sa ṣalāh at mangalaga kayo rito.

5. Ang ṣalāh ay kauna-unahan sa tutuusin dahil doon ang tao sa Araw ng Pagbangon.

Nagsabi ang Sugo ni Allah (s): **"Tunay na ang kauna-unahan sa tutuusin dahil doon ang tao sa Araw ng Pagbangon mula sa gawa niya ay ang ṣalāh niya. Kapag umayos ito,**

nagtagumpay at pumasa nga siya;..."
(Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 413 at Imām Ibnu Mājah 1425.)

6. Nagtatakip-sala si Allāh sa pamamagitan nito sa mga pagkakasala at mga kasalanan.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Sa tingin ba ninyo kung sakaling may isang ilog sa tabi ng pinto ng isa sa inyo, na naliligo siya mula rito sa bawat araw, may matitira kaya mula sa karumihan niya na anuman?"** Nagsabi sila: **"Wala pong matitira mula sa karumihan niya na anuman."** Nagsabi siya: **"Kaya iyon ay tulad ng limang ṣalāh: nagpapawi si Allāh sa pamamagitan ng mga ito ng mga kasalanan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 528 at Imām Muslim: 667.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magpapahayag ako.

Ang ṣalāh ay ginhawa para sa kaluluwa at pag-aalis ng mga alalahanin. Dahil doon, "Ang Propeta nga noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag may nagpapanglaw sa kanya na isang bagay, ay nagdarasal." Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi kay Bilāl (malugod si Allāh sa kanya): **"O Bilāl, magsagawa ka ng iqāmah ng ṣalāh, magbigay-kapahingahan ka sa amin sa pamamagitan nito."** Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 498.)

Magsaalaala ka ng isang senaryong nangyari sa iyo, na nagpapatunay sa epekto ng ṣalāh sa ginhawa ng kaluluwa, pagkatapos maglarawan ka sa mga kaklase mo ng damdamin mo

Aktibidad 2. Magbubulay-bulay ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **"Kapag may isang taong Muslim na dinatnan ng isang ṣalāh na isinatungkulin saka nagpapahusay siya ng pagsasagawa ng wuḍū' dito, kataimtiman dito, pagyukod dito, ito ay magiging isang panakip-sala sa anumang bago nito na mga pagkakasala hanggat hindi siya nakagawa ng isang malaking kasalanan. Iyon ay sa kabuuan ng panahon."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 228.)

1. Ano ang kainaman ng ṣalāh na ipinahiwatig ng ḥadīth?

2. Ano ang mga kundisyon ng pagkasakatotohanan ng kainamang ito?

Aktibidad 3: Magsasanaysay ako at magkukuwento ako.

Magsanaysay ka sa pamilya mo ng isang kuwentong narinig mo mula sa mangangaral o mula sa isang programang panrelihiyon kaugnay sa panganib ng pagtigil sa pagdarasal o pagwawalang-bahala sa pagsasagawa nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Ang ṣalāh ay ginhawa para sa kaluluwa at kapanatagan para sa puso. (✓)

2. Bumaba ang kasi sa Madīnah hinggil sa pagkatungkulin ng ṣalāh. (X)

3. Ang ṣalāh ay kauna-unahan sa pagsamba na tutuusin dahil dito ang tao. (✓)

PANUTO 2: Linawin mo ang anyo ng pagpapatunay sa katayuan ng ṣalāh sa sumusunod:

Nagsabi si Allāh:

(وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ وَذَلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ).

{Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo, magpanatili sila ng dasal, at magbigay sila ng

zakāh. Iyon ay ang relihiyon ng pagkamatuwid.}
(Qur'ān 98:5)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ulo ng usapin ay ang Islām at ang poste nito ay ang ṣalāh."**

PANUTO 3: Magpahayag ka tungkol sa katayuan ng ṣalāh at pagpapahalaga mo rito sa limang linya.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapaglinaw ka sa pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh;

2. makapaghulo ka ng mga kamaliang laganap sa mga gawain ng mga tagapagsagawa ng ṣalāh;

3. makapagbigay-halaga ka sa kahalagahan ng kataimtiman sa ṣalāh;

4. makapagsagawa ka ng ṣalāh ayon sa tumpak na anyo nito.

Nagkakaiba-iba ang paraan ng ilan sa mga tagapagsagawa ng ṣalāh sa paraan ng

pagsasagawa ng ṣalāh. Marahil kabilang sa mga kadahilanan niyon ang hindi pagkaalam sa tumpak na pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh.

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Nakatindig ang Muslim habang nakapagsagawa ng ṭahārah, habang natatakpan ang `awrah niya, habang nakadako sa qiblah, pagkatapos magsasagawa siya ng mga sumusunod na gawain sa ṣalāh:

Maglalayon ang Muslim sa puso niya na magsagawa ng ṣalāh at magtatakda siya sa layunin niya ng uri ng ṣalāh, maging ito man ay isang tungkulin o isang kusang-loob.

Titindig siya nang tuwid, habang nag-aangat ng mga kamay niya, habang nagsasabi ng: "Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)", pagkatapos maglalagay siya ng kanang kamay niya sa ibabaw ng kaliwang kamay sa ibabaw ng dibdib niya.

Bibigkas siya ng Sūrah Al-Fātiḥah at anumang naging madali para sa kanya mula sa Marangal na Qur'ān.

Yuyukod siya habang nag-aangat ng mga kamay niya habang nagsasabi ng: "Allāhu akbar." Pagkatapos maglalagay siya ng mga kamay niya sa mga tuhod niya at magsasabi ng: "Subḥāna rabbiya -l`aḏīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)" nang tatlong ulit.

Mag-aangat siya ng ulo niya habang nagsasabi ng: "Sami`a -llāhu liman ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya);" saka kapag nakatayo na siya nang tuwid, magsasabi siya ng: "Rabbanā laka -lḥamd (Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri)."

Magpapatirapa siya habang nagsasabi ng: "Allāhu akbar" at magsasabi siya ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)" nang tatlong ulit.

Aangat siya mula sa pagkapatirapa habang nagsasabi ng: "Allāhu akbar" at uupo siya habang nagsasabi ng: "Rabbi -ghfir lī, Rabbi -ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)."

Magpapatirapa siya nang ikalawa habang nagsasabi ng: "Allāhu akbar" at magsasabi siya ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)" nang tatlong ulit.

Matapos ng ikalawang rak`ah, nakaupo siya habang bumibigkas ng Tashahhud: **Attahiyātu lillāhi wa -ṣṣalawātu wa -ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa raḥmatu -llāhi wa barakātuh, assalāmu `alaynā wa `alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa rasūluh.** (Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at

ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang pangangalaga nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)

Matapos ng huling rak'ah, uupo ang tagapagsagawa ng ṣalāh, bibigkas siya ng naunang Tashahhud, at bibigkas siya matapos nito ng Ṣalāh Ibrāhīmīyah (Basbas na Abrahamiko): "Allāhumma ṣalli `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā ṣAllāyta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd; Allāhumma bārik `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā bārakta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"

Babati siya habang lumilingon sa kanan, pagkatapos sa kaliwa, na nagsasabi ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh. (Ang

kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya.)"

Ang Kapanatagan at ang Kataimtiman sa Ṣalāh

Nararapat sa tagapagsagawa ng ṣalāh na gumunita sa kadakilaan ni Allāh sa puso niya para mapanatag siya sa mga kilos niya, tumaimtim ang mga bahagi ng katawan niya, at mag-isip-isip siya sa sinasabi niya mula sa Qur'ān, mga dhikr, at mga panalangin. Nagsabi si Allāh:

(قَدْ أَفْلَحَ الْمُؤْمِنُونَ (1) الَّذِينَ هُمْ فِي صَلَاتِهِمْ خَاشِعُونَ (2))

{1. Nagtagumpay nga ang mga mananampalataya,

2. na sila sa pagdarasal nila ay mga taimtim,}
(Qur'ān 23:1-2)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Manonood ako at mag-eensayo ako.

Manood ka ng pagpapatupad ng pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh kasama ng pamilya mo sa pamamagitan ng video na ito, kasabay ng paggabay sa kanila kung nasadlak sila sa mga kamalian.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allah (s): **"Kapag tumindig ka para sa pagdarasal, magsagawa ka ng takbīr. Pagkatapos bumigkas ka ng naging madali sa iyo mula sa Qur'ān. Pagkatapos yumukod ka hanggang sa mapanatag ka habang nakayukod. Pagkatapos umangat ka hanggang sa tumuwid ka habang nakatindig. Pagkatapos magpatirapa ka hanggang sa mapanatag ka habang nakapatirapa. Pagkatapos umangat ka hanggang sa mapanatag ka habang nakaupo. Pagkatapos gawin mo iyan sa pagdarasal mo sa kabuuan nito."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 793 at Imām Muslim: 397.)

Matapos mabasa ang ḥadīth, tugunin mo ang sumusunod:

1. Takdaan mo ang natutuhan mo sa aralin na pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh, na hindi naisaad sa ḥadīth na ito.

2. Mapapansin sa ḥadīth ang pagpapahalaga sa kapanatagan. Makipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa paraan ng pagsasakatotohanan nito sa ṣalāh.

Aktibidad 3: Papaano akong mag-aasal?

Mag-iisip ka sa mga sumusunod na kalagayan at makikipag-ugnayan ka sa tagapagturo mo o

imām ng masjid mo para makaalam sa pag-aasal na pang-Sharī`ah na tumpak sa bawat isa sa mga ito:

1. Nakalimot kang bumigkas ng Sūrah Al-Fātiḥah sa ṣalāh, pagkatapos yumukod ka.

2. Nakalimot kang bumigkas ng Unang Tashahhud at tumayo ka para sa ikalawang rak`ah.

3. Tumayo ka nang mali matapos ng ikaapat na rak`ah sa ṣalāh na `aṣr.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Kinakailangan na bumigkas ang Muslim ng layunin bago magsagawa ng ṣalāh. (X)

2. Kinakailangan ang bumigkas ng Sūrah Al-Fātiḥah sa lahat ng mga rak`ah ng ṣalāh. (✓)

3. Magsasabi ang tagapagsagawa ng ṣalāh, sa pagkakayukod niya, ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)." (X)

4. Ang kataimtiman ay gawaing pampuso at lumilitaw sa kapanatagan ng mga bahagi ng katawan. (✓)

5. Maglalagay ang tagapagsagawa ng ṣalāh ng kanang kamay niya sa ibabaw ng kaliwang kamay sa ibabaw ng dibdib niya. (✓)

PANUTO 2: Kumpletuhin ang mga sumusunod na parirala:

1. Nagsasabi ang Muslim sa pagkakayukod niya ng:

2. Nagsasabi ang Muslim matapos ng pagtayo mula sa pagkakayukod ng:

3. Nagsasabi ang Muslim sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa ng:

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

1. Maghambing ka sa pagitan ng sinasabi sa Unang Tashahhud at sinasabi sa Ikalawang Tashahhud.

2. Ang kataimtiman ay isang pagbubusilak para sa sarili at isang tagumpay para sa tao. Magpaliwanag ka niyon.

Ang Yunit ng Fiqh ng mga Kaasalan

Ang Unang Aralin: Ang Etiketa ng Pagkain at Pag-inom

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom;
2. makapagbigay-katwiran ka sa pagbabatas sa mga etiketa ng pagkain at pagtulog;
3. makahango ka ng patunay sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom;
4. makapagpatupad ka ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom.

Sa panahon ng araling ito, lilitaw sa iyo ang ilan sa mga kagandahan ng pang-Islām na pagbabatas na nagpapahalaga sa mga etiketang pang-araw-araw , at ang paglilinaw sa epekto ng pagpapatupad ng mga etiketang ito sa Muslim sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom

Mga etiketang Isinasabatas Gawin

Ang Paghuhugas ng mga Kamay Bago kumain

Ang Pagkain at ang Pag-inom sa Pamamagitan
ng Kanang Kamay

Ang Pagkain Habang Nakaupo

Ang Pagsambit ng: "Bismi –llāh" Bago Kumain
at Uminom

Ang Pagkain Mula sa Nakatatapat ng Muslim

Ang Papuri kay Allāh Matapos Kumain at
Uminom

Mga Gawaing Sinasaway

Ang Pagsandal sa Sandali ng Pagkain

Ang Paghingi sa Tubig sa Sandali ng ang
Paghingi

Ang Pagkabusog na Pinalabis-labis

Ang Pag-ihip sa Mainit na Pagkain

A. Mga Etiketang Isinasabatas Gawin

1. Ang paghuhugas ng mga kamay bago
kumain at ang paglilinis ng mga ito.

2. Ang pagsambit ng: "Bismi –llāh" bago
kumain at uminom ngunit kapag nakalimot ang
Muslim ay magsasabi siya ng: "Bismi --llāhi fī
awwalihi wa-ākhirihi (Sa ngalan ni Allāh sa simula
nito at sa wakas nito)." Nagsabi ang Propeta
(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag**

kakain ang isa sa inyo ng isang pagkain ay sabihin niya: Bismi --llāh (Sa ngalan ni Allāh) ngunit kung nakalimutan niya sa simula nito ay sabihin niya: Bismi --llāhi fī awwalihi wa-ākhirihi (Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito)." (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 1858.)

3. Ang pagkain at ang pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay ngunit kung hindi niya nakaya dahil sa sakit o tulad nito, pinapayagan na kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

4. Ang pagkain mula sa nakatatapat niya (ibig sabihin: mula sa harapan niya). Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Umar bin Abī Salamah: **"O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh at kumain ka mula sa nakatatapat mo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 5376 at Imām Muslim: 5388.)

5. Ang pagkain habang nakaupo at walang hadlang sa pagkain habang nakatayo dahil sa pangangailangan.

6. Na huminga siya sa sandali ng pag-inom sa labas ng iniinuman nang tatlong ulit kaya hindi siya iinom sa iisang lagok sapagkat ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **"Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)" ay tatlong ulit na humihinga sa**

pag-inom." Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2028.

7. Ang pagpuri kay Allāh matapos kumain at uminom. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na kumain ng pagkain saka magpuri sa kanya dahil doon o uminom ng inumin saka magpuri sa kanya dahil doon."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 7108.)

B. Mga Gawaing Sinasaway

1. Ang pagsandal sa sandali ng pagkain dahil ito ay kabilang sa mga kaasalan ng mga nagpapakamalaki.

2. Ang pagpapakalabis at ang pagkabusog na pinalabis-labis dahil sa pagsaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' laban doon at dahil sa maaaring magdahilan ito sa kanya ng pagtaba o ng mga kapinsalaan. Nagsabi si Allāh:

(وَكُلُوا وَاشْرَبُوا وَلَا تُسْرِفُوا إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُسْرِفِينَ)

{Kumain kayo at uminom kayo at huwag kayong magpakalabis; tunay na Siya ay hindi umiibig sa mga nagpapakalabis.} (Qur'ān 7:31)

3. Ang pag-hip sa mainit na pagkain.

4. Ang paghinga sa tubig sa sandali ng pag-inom sapagkat ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): **{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway na huminga sa lalagyan o umihip dito.}** (Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 1888 at Imām Ibnu Mājah 3288.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at tutugon ako.

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Hindi pumuno ang isang tao ng isang sisidlang higit na masama kaysa sa isang tiyan. Sapat na sa anak ni Adan na may mga makakaing magtatayo sa likod niya; saka kung nangyaring hindi posible, sangkatlo ay para sa pagkain niya, sangkatlo ay para sa inumin niya, at sangkatlo ay para sa paghinga niya."** Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2380 at Imām Ibnu Mājah 3349.

Ano ang etiketa na ipinahiwatig ng ḥadīth na ito?

Aktibidad 2: Hahango ako.

Sundan ang sumusunod na video clip, pagkatapos hanguin mo mula rito ang sumusunod:

1. dalawa sa mga etiketa ng pagkain na hindi tinalakay ng aralin;

2. ang kasanhian sa ilan sa mga etiketa ng pagkain.

Aktibidad 3: Magsasagawa ako ng pagtatasa (assessment) at magpapalano ako.

1. Sumusunod ka ba sa lahat ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom na nasasaad sa araling ito?

2. Maghanda ka ng isang programa para sa pagtuturo ng mag-anak mo ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paghinga sa iniinuman sa sandali ng pag-inom. (✓)

2. Pinapagayagan para sa Muslim na kumain sa pamamagitan ng kanang kamay niya o kaliwang kamay. (X)

3. Ang pagsandal sa sandali ng pagkain ay nagpapahiwatig ng pagpapakumbaba. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Ang pagsandal sa oras ng pagkain ay kabilang sa mga bagay-bagay na:

(itinuturing na kaibig-ibig - pinapayagan - sinasaway).

2. Ang pag-hip sa pagkain at inumin ay kabilang sa:

(mga etiketa - mga kinakailangan -mga sinasaway).

3. Ang sinumang ang kanang kamay ay napilay, ang pagkain niya sa pamamagitan ng kaliwang kamay ay:

(pinapayagan - kinasusuklaman - bawal).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

1. Bakit nag-utos sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na hindi magparami ng pagkain at pag-inom?

2. Ano ang gagawin ng Muslim kapag nakalimot siyang magsabi ng: "Bismi --llāhi" bago kumain o uminom?

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pagpapaalam;

2. makapagpaliwanag ka sa patakaran ng pagpapaalam;

3. makapagbigay-linaw ka sa paraan ng pagpapaalam at kasanhian nito;

4. makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa mga karapatan ng mga ibang tao;

5. makapagpatupad ka ng mga etiketa ng pagpapaalam sa loob ng bahay at sa labas nito.

Umalis si Alīy para dumalaw kay Khālīd sa bahay nito. Pinatunog niya ang doorbell nang makailang ulit, ngunit walang sumagot na isa man. Kaya umuwi si Alīy na galit. Noong nakaharap niya si Khālīd, sinumbatan niya ito sa hindi pagbukas ng pinto sa kanya. Kaya naman nagpabatid sa kanya si Khālīd na ang bahay ay hindi naaangkop na tumanggap sa kanya.

Sa pananaw mo, si Alīy ba ay may karapatang magalit at sumumbat?

Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam sa Loob ng mga Bahay

Ang Patakaran sa Pagpapaalam

Ang Kasanhian sa Pagpapaalam

Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang Patakarán sa Pagpapaalam

Kinakailangan sa Muslim na magpaalam kapag nagnais pumasok sa isang lugar na hindi niya minamay-ari. Nagsabi si Allāh: **{O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo hanggang sa nagparamdam kayo at bumati kayo sa mga naninirahan sa mga ito. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo, nang sa gayon kayo ay magsasaalaala.}** (Qur'ān 24:27)

Ang Kasanhian sa Pagpapaalam

Nagsabatas si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng pagpapaalam alang-alang sa pangangalaga sa mga kabanalan ng mga bahay nang sa gayon hindi makasilip ang isa sa mga kahubaran ng isa pa. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ginawa lamang ang pagpapaalam alang-alang sa paningin."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 6241.)

Ang Magagandang Asal sa Pagpaalam

1. Magsimula ang nagpapaalam sa pagbati muna, pagkatapos hihiling siya ng pahintulot sa pagpasok. Kung walang sumagot sa kanya na isa man, uulitin niya ang hiling niya nang dalawang ulit. Kung wala pa ring sumagot na isa man, lilisan

siya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang nagpapaalam ay tatlong ulit; kaya kung nagpahintulot sa iyo [ay pumasok ka] at kung hindi naman ay bumalik ka."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 5753.)

Hindi nagindapat para sa kanya ang magalit sapagkat tunay na si Allāh ay nagsasabi:

(فَإِنْ لَّمْ تَجِدُوا فِيهَا أَحَدًا فَلَا تَدْخُلُوهَا حَتَّىٰ يُؤْذَنَ لَكُمْ وَإِنْ قِيلَ لَكُمْ ارْجِعُوا فَارْجِعُوا ۚ هُوَ أَزْكَىٰ لَكُمْ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ)

{Kaya kung hindi kayo nakatagpo sa mga iyon ng isa man ay huwag kayong pumasok sa mga iyon hanggang sa ipinahintulot sa inyo. Kung sinabi sa inyo: “Bumalik kayo,” bumalik kayo. Ito ay higit na busilak para sa inyo. Si Allāh sa anumang ginagawa ninyo ay Maalam.} (Qur'ān 24:28)

2. Magpapabatid ang nagpapaalam ng pangalan niya nang sa gayon makakilala sa kanya ang nakatira sa bahay.

3. Tatayo ang nagpapaalam sa dakong kanan ng pinto o kaliwa nito upang hindi makakita ang nagpapaalam ng loob ng bahay sa sandali ng pagbukas ng pinto.

4. Kinakailangan ang pagpapaalam bago pumasok sa mga bahay ng mga mahram din, tulad ng bahay ng ina, babaing kapatid, at tulad nila.

Ang Pagpapaalam sa Loob ng mga Bahay

Nag-obliga si Allāh (napakataas Siya) sa mga bata na magpaalam sila sa pagpasok sa silid ng mga magulang sa mga tinakdaang oras bilang pangangalaga sa bata laban sa pagkakita ng anumang hindi nararapat na makita niya na mga kahubaran ng mga kamag-anak niya. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لِيَسْتَذِنَكُمْ الَّذِينَ مَلَكَتْ أَيْمُنُكُمْ وَالَّذِينَ لَمْ يَبْلُغُوا الْحُلُمَ مِنْكُمْ ثَلَاثَ مَرَّاتٍ مِّن قَبْلِ صَلَوةِ الْفَجْرِ وَحِينَ تَضَعُونَ ثِيَابَكُمْ مِّنَ الظَّهِيرَةِ وَمِن بَعْدِ صَلَوةِ الْعِشَاءِ ثَلَاثُ عَوْرَاتٍ لَّكُمْ ۖ)

{O mga sumampalataya, magpaalam sa inyo ang mga [aliping] minay-ari ng mga kanang kamay ninyo at ang mga hindi umabot sa kahustuhang gulang kabilang sa inyo sa tatlong sandali: bago pa ng dasal sa madaling-araw, kapag nag-aalis kayo ng mga kasuutan ninyo [sa pamamahinga] sa

tanghali at matapos na ng dasal sa gabi. Tatlong [sandali ng] kahubaran para sa inyo [ito];} (Qur'ān 24:58)

Ang Tatlong Sandali ng Kahubaran

1. Bago ng salah na fajr;
2. Kapag nag-aalis kayo ng mga damit ninyo sa tanghali (oras ng pag-idlip);
3. Matapos ng ṣalāh na `ishā'.

Isinabatas ang pagpapaalam sa tatlong oras na ito dahil ang tao sa kadalasan ay nagiging nakahanda para matulog o magising para sa ṣalāh, kaya ito ay isang oras ng pagpapagaan ng mga kasuutan o pagpapalit sa mga ito at iba pa roon na mga kadahilanan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magpapaliwanag ako at magmumungkahi ako.

Dumarami ang mga pagsalungat sa mga etiketa ng pagpapaalam lalo na sa mga kamag-anak at maaaring may magreresulta roon na maraming katiwalian. Sa pamamagitan niyon, magbigay-liwanag ka sa sumusunod:

1. Ang mga katiwaliang inireresulta ng pagwaksi sa pagpapaalam.

Ang pagkakita sa mga `awrah ng mga ibang tao.

2. Magmungkahi ka ng tatlong kaparaanan ng pagpapalaganap ng etiketa ng pagpapaalam at pagtutumpak sa mga pagsalungat na nagaganap dito.

Aktibidad 2: Manonood ako at magmumungkahi ako.

Manood ka nang may pagpapahalaga sa recording na nasa sumusunod na link at magbigay-linaw ka sa nilalaman nito nang may kabanayaran sa mag-anak mo at mga kaibigan mo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Ipinagbabawal sa tao na pumasok sa bahay ng ibang tao nang walang pagpapaalam. (✓)

2. Nakasasapat sa nagpapaalam na bumanggit ng katangian niya gaya ng pagiging kaibigan o kaklase. (X)

3. Kinakailangan na magpaalam ang mga bata sa mga oras ng pag-idlip. (✓)

4. Hindi magpapaalam ang lalaki sa sandali ng pagpasok niya sa kinaroroonan ng babaing kapatid niya. (X)

5. Magpapaalam ang mga bata mula sa oras bago ng ṣalāh na fajr. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Kapag hindi nagpahintulot sa nagpapaalam ang nakatira sa bahay, kailangan sa nagpapaalam:

(ang maghintay - ang lumisan - ang umulit sa pagpapaalam).

2. Magpapaalam ang mga bata mula sa oras bago ng ṣalāh na:

(`aṣr - maghrib - `ishā).

3. Isinabatas ang pagpapaalam sa loob ng bahay alang-alang sa:

(pagtigil sa pagparusa sa bata - paghahayag ng kaluwagan ng Islām - pangangalaga sa mga kahubaran ng mag-anak).

PANUTO 3: Magbigay-katwiran ka sa sumusunod:

1. Ang pagtindig ng nagpapaalam sa kanan ng pinto o sa kaliwa nito.

2. Ang pagkakinakailangan ng pagbanggit ng nagpapaalam ng pangalan niya sa sandali ng pagpapaalam.

Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pakikipag-usap at pagtitipon;

2. makapagbigay-halaga ka sa kahalagahan ng mga etiketa ng pakikipag-usap at pagtitipon;

3. makapangalaga ka sa mga etiketa ng pakikipag-usap at pagtitipon;

4. makapagsaulo ka sa ḥadīth ng panakip-sala sa pagtitipon.

Pagpapaumpisa

Nagsisimula ang ilan sa mga tao sa mga pagtitipon nila at nagtatapos sila sa mga ito nang walang pagsasaalang-alang sa mga etiketa ng mga pagtitipon. Ito ay sumasalungat sa patnubay ng Islām. Kaya mangalaga ka, kapatid kong mag-aaral, sa mga etiketa ng mga pagtitipon na matututuhan mo sa araling ito.

Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon

Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap

Ang mga Etiketa ng Pagtitipon

A. Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap

1. Ang pagsisimula sa pagbati bago ng pagsasalita. Kinakailangan sa sinumang nakaririnig sa pagbati na tumugon dito.

2. Na hindi magsalita ang Muslim maliban ng kabutihan, batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang manakit sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6018 at Imām Muslim: 47.)

3. Ang pag-iwas sa pagsisinungaling, panlilibak, tsismis, mahalay na pananalita, pagkakalat ng mga lihim [ng iba], at panunuya sa mga tao.

4. Ang pagwaksi ng Muslim sa pag-uusap kaugnay sa hindi pumapatungkol sa kanya. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagwaksi niya ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya."** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 3976.)

5. Kapag ang mga nagtitipon ay tatlo, hindi pinapayagan ang pag-uusap nang palihim ng dalawang tao bukod sa ikatlong tao dahil iyon ay magpapalungkot sa kanya. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Kapag kayo ay tatlo, walang mag-uusapan nang palihim na dalawang tao bukod sa ikatlo hanggang sa nakihalo kayo sa mga tao."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6290 at Imām Muslim: 2184.)

B. Ang mga Etiketa ng Pagtitipon

1. Ang pagbibigay ng pagbati sa sandali ng pagpasok at paglabas.

2. Ang pag-upo sa kung saan dumarating sa pagtitipon at ang pag-iwas sa paghakbang sa mga nakaupo para makarating sa unahan ng pagtitipon.

3. Ang Pagpapaluwang. Ito ay ang pagpapaluwag upang makaupo ang sinumang hindi nakatatagpo ng isang lugar. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِذَا قِيلَ لَكُمْ تَفَسَّحُوا فِي الْمَجَالِسِ فَافْسَحُوا يَفْسَحِ اللَّهُ لَكُمْ)

{O mga sumampalataya, kapag sinabi sa inyo na magpaluwang-luwang kayo sa mga pagtitipon

ay magpaluwang kayo, magpapaluwang si Allāh para sa inyo.} (Qur'ān 58:11)

4. Ang hindi pagpapalayo sa isang tao buhat sa lugar niya at ang hindi pag-upo roon, kahit pa ito ay isang maliit na bata o isang maralitang tao.

5. Ang hindi pagpapahiwalay sa magkatabi para umupo sa pagitan nilang dalawa, malibang may pahintulot nilang dalawa.

6. Ang pag-iwas sa mga pagtitipon sa bawal na paglilibang, daldalang walang-kabuluhan, panonood ng mga nakasasama, at iba pa roon.

7. Ang pagsigasig sa pakikisalamuha sa mga may kainaman at kaalaman at maayos na pakikisama.

8. Ang pagsisigasig na hindi mawala ang pagtitipon ng pagsambit kay Allāh.

9. Ang pagsambit ng panakip-sala ng pagtitipon bago tumindig mula rito. Ito ay ang pagsabi ng: **"Subḥānaka --Ilāhumma wa-bi-ḥamdik, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa-atūbu ilayk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)"** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3762.)

Sa wakas, repasuhin mo ang mga etiketa ng pagtitipon sa pamamagitan ng link na ito:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Hahango ako at mag-uugnay ako.

1. Humango ka ng mga antas ng pagbibigay ng pagbati at ng gantimpala ng bawat antas mula sa sumusunod na ḥadīth:

{May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sampu." Pagkatapos may dumating na isa pa saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Dalawampu." Pagkatapos may dumating na iba pa saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tatlumpu."}
(Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 5195 at Imām At-Tirmidhīy: 2698.)

2. Mag-uugnay ka ng naunang ḥadīth at ng sabi ni Allāh:

(وَإِذَا حُيِّئْتُمْ بِهِ فَاغْبِطُوا بِأَحْسَنِ مَنَاسِكٍ أَوْ رُدُّوهَا إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ حَسِيبًا)

{Kapag binati kayo ng isang pagbati ay bumati kayo ng higit na maganda kaysa roon o gumanti kayo roon. Tunay na si Allāh sa bawat bagay ay laging Mapagtuos.} (Qur'ān 4:86)

Aktibidad 2: Magpapaliwanag ako at magpapayo ako.

Ipaliwanag mo ang pagkakasala na naganap sa mga sumusunod na senaryo, kalakip ng paghahain ng payo sa sinumang nasadlak dito.

Ang Senaryo

Senaryo: nagpapaabot siya ng pananalita ng mga kaklase niya para sa panlilibak sa kanila.

Taong bumabanggit ng mga kapintasan ng mga kapitbahay niya.

Dalagang nanunuya sa mga kasuutan ng maralitang kaklase niya.

Tsuper na nagkakalat ng mga lihim ng tahanan ng tagapangasiwa. Ang Uri ng Pagkakasala Ang Payo

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

1. Ang pagtugon sa pagbati ay kabilang sa mga bagay-bagay na itinuturing na kaibig-ibig. (X)

2. Ipinagbabawal sa Muslim ang panlilibak, ang tsismis, at ang panunuya. (✓)

3. Pinapayagan sa mayaman na magpatayo sa maralita mula sa kinauupuan nito upang umupo siya sa lugar nito. (X)

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na panalangin:

**Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng
papuri sa Iyo. Sumasaksi ako
..... Humihingi ako ng
tawad sa Iyo.....**

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na tanong:

1. Kabilang sa mga etiketa ng pagtitipon na hindi magsabi ang Muslim kundi ng kabutihan. Magpaliwanag ka niyon.

2. Magsulat ka ng tatlo sa mga etiketa ng pagtitipon.

3. Magsulat ka ng gantimpala ng pagbibigay ng pagbati ayon sa anyong: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh (Ang kapayapaan ay

sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya)."

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan;
2. makapagsaulo ka ng mga dhikr sa pagpasok at paglabas sa palikuran;
3. makapagmalasakit ka sa pagsunod sa mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan;
4. makapagbigay-halaga ka sa pagpapahalaga ng Islām sa personal na kalinisan.

Aktibidad na Pang-umpisa

Ayon sa Kasamahan [ng Propeta] na si Salmān Al-Fārsīy (malugod si Allāh sa kanya), sinabi sa kanya: "Nagturo nga sa inyo ang Propeta ninyo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' ng bawat bagay, pati ang pagdumi!" Nagsabi si Salmān (malugod si Allāh sa kanya): **"Oo naman. Talaga ngang sumaway siya sa amin na humarap kami sa qiblah para sa pagdumi o pag-ihì o na mag-iwang kami sa pamamagitan ng kanang kamay**

o na mag-iwang kami ng higit na kaunti kaysa sa tatlong bato o na mag-iwang kami ng dumi ng hayop o ng buto.” (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 262.)

Maghulo ka mula sa marangal na ḥadīth na ito ng kadakilaan ng Islām at pagpapahalaga nito sa buhay ng Muslim at magpapaligaya sa kanya sa buhay niya at kabilang-buhay niya at kung papaano na ang Relihiyong Islām ay relihiyon ng kabusilakan, kadalisayan, at kalinisan.

Ang pagtugon sa tawag ng kalikasan ay may maraming etiketa na maaaring hatiin gaya ng sumusunod:

Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Bago ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Sa Sandali ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Matapos ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

A. Bago ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

1. Ang pagpasok sa lugar ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.

2. Ang pagsabi ng: **“Allāhumma innīy a`ūdhu bika mina -lkhubthi wa-lkhabāith. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing**

demonyo.)” (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 142 at Imām Muslim: 375.)

B. Sa Sandali ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

1. Ang pagkukubli sa mga mata ng mga tao at ang pagsasara ng pinto sa sandali ng pagkapasok sa palikuran.

2. Ang pag-iwas sa pagtugon sa tawag ng kalikasan sa daan ng mga tao o sa lilim nila o sa tubig at tulad ng mga ito.

3. Ang pag-iwas sa pagdadala ng Muṣḥaf o pagbabasa ng Qur’ān o pagbanggit kay Allāh sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.

4. Ang paggamit ng kaliwang kamay sa pag-alis ng karumihan sa pamamagitan ng tubig o tissue o bato.

5. Ang pag-iwas sa pagharap sa qiblah o pagtalikod sa qiblah sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan sa mga nakabukas na lugar.

C. Matapos ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

1. Ang pagsisigasig sa pag-iwan sa lugar na malinis (gaya ng banyo o tulad nito).

2. Ang paghuhugas ng mga kamay nang maigi para sa pag-alis ng karumihan.

3. Ang paglabas sa palikuran sa pamamagitan ng pag-uuna sa kanang paa.

4. Ang pagsabi ng: “Ghufrānak ([Humihingi ako ng] kapatawaran Mo)” matapos lumabas.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Manonood ako at magpapaliwanag ako.

Panoorin mo ang video clip sa pamamagitan ng sumusunod na link, pagkatapos ipaliwanag mo ang mga aspeto ng pagpaparangal sa tao sa pamamagitan ng mga etiketa ng pagpasok sa palikuran.

Aktibidad 2: Aasa ako sa resulta.

isulat mo ang resultang inaasahan para sa mga sumusunod na senaryo:

Ang mga Senaryo

Taong tumutugon sa tawag ng kalikasan niya sa pampublikong daan.

Taong tumutugon sa tawag ng kalikasan niya sa ilog.

Taong naghuhugas ng kamay niya sa tubig at sabon matapos ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.

Taong hindi nag-angat nang maigi ng kasuutan niya sa sandali ng pagtugon sa kalikasan. Ang Resultang Inaasahan

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Kumpletuhin ang mga puwang sa pamamagitan ng pananalitang naaangkop mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

(kahubaran - bawal - Qur'ān - punong namumunga)

1. Ipinagbabawal ang pagtugon sa tawag ng kalikasan sa ilalim ng

2. Ang pagharap sa qiblah sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan sa bukas na espasyo ay

3. Kinakailangan ang pag-iingat sa na makita ng mga mata ng mga tao sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.

4. Ipinagbabawal ang pagbabasa ng sa lugar ng palikuran.

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na panalangin:

Nagsasabi tayo sa sandali ng pagpasok sa palikuran: "Allāhumma innīy a`ūdhu bika mina

PANUTO 3: Ulitin mo ang pagsulat ng mga sumusunod na parirala matapos ng pagtatama sa anuman nasa mga ito na mga kamalian:

1. Mag-aalis ako ng karumihan, matapos ng pagtugon sa tawag ng kalikasan, sa pamamagitan ng kanang kamay ko.

Mag-aalis ako ng karumihan, matapos ng pagtugon sa tawag ng kalikasan, sa pamamagitan ng kaliwang kamay ko.

2. Magsasabi ako, matapos ng paglabas ko mula sa palikuran, ng: "Alḥamdu lillāh."

Magsasabi ako, matapos ng paglabas ko mula sa palikuran, ng: "Ghufrānak."

3. Mag-uulit ako ng adhān kapag nakarinig ako nito habang ako ay tumutugon sa tawag ng kalikasan ko.

Hindi ako mag-uulit ng adhān kapag nakarinig ako nito habang ako ay tumutugon sa tawag ng kalikasan ko.

Ang Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa

kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si Allāh:

﴿فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ ۚ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلِّبَكُمْ وَمَتَوَاتِكُمْ﴾

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.}

(Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-

kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawḍah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika. Sa paghahangad ng pag-angat ng proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang Basaer para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga input na ibinigay ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

- Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

- Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

- Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan

ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap tayo ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na walang propeta matapos niya, si Muḥammad bin `Abdillāh, sa mag-anak niya at Kasamahan niya na mga kaaya-ayang mga dalisay,

at sa sinumang sumunod sa kanila ayon sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas. Kapatid kong tagapagturo, tunay na ang tungkulin ng pagtuturo ay kabilang sa pinakamarangal sa mga tungkulin sapagkat ito ay kabilang sa mga tungkulin ng mga propeta at mga tagapagsaayos. Ito ay may malaking papel sa pagangat sa lipunan at Kalipunang Islām.

Bilang pagbibigay-halaga sa malaking papel mo, naghahandog kami ng gabay na ito, na aalalay sa iyo sa pagganap sa gawain mo upang ang propesyon ng

pagtuturo ay maging higit sa pagbibigay-kasiyahan at higit na namumukod sa pagkaproduktibo yayamang naglalaman ang gabay na ito ng isang pagpaplano sa mga aralin na nababagay sa

mga nibel ng mga estudyante at kapaligiran nila at nag-uugnay sa mga layon at mga pakay ng aklat ng estudyante at mga paraan ng pagtuturo at pagtatasa.

Ang mga Nilalaman ng Aralin sa Gabay ng Tagapagturo

Naglaman nga ang mga pahina ng gabay na ito ng isang grupo ng mga sangkap sa bawat aralin, na kumakatawan sa pinakatampok sa mga aspeto ng saloobing pampagtuturo. Kabilang sa

pinakamahalaga sa mga elementong ito ang sumusunod:

A. Kuwadrado ng Datos

Nilalaman nito ang panahong iminumungkahi para sa aralin, ang mga bagong salitang ninanais matutuhan, ang mga materyal na pampagtuturo na ginagamit, at ang mga minamahalaga (values) at mga tunguhin (orientation) na pinoproseso ng aralin, at ang mga iminumungkahing estratehiya ng pagtuturo.

B. Ang mga Hakbang ng Pag-usad sa Aralin

Naglalaman ang mga sumusunod na hakbang ng:

1. Pagpapaumpisa Para sa Aralin. Sa pamamagitan ng paglalayon ng pag-akit sa pansin ng estudyante sa aralin, at sa pamamagitan ng isang bilang ng istilo na kabilang sa mga ito ay mga maikling tanong na naaangkop upang maging isang pambungad ng aralin, o isang makatotohanang kuwentong nauugnay sa aralin, o pag-uugnay ng aralin ngayon araw sa nagdaang aralin, o paggamit ng kaparaanang pampagtuturo.

2. Ang Paghuhulo (Deduction). Tinutukoy natin dito ang natatamo ng individuwal na mag-aaral na mga kaalaman, mga pagkaintindi, mga katotohanan, at mga patakaran matapos ng pag-aaral niya ng paksa. Naglaman nga ang patunay ng

mga inaasahan ng mga paghuhulo ng mga mag-aaral. Nararapat sa tapagturo na magbigay-diin sa mga ito at magtagubilin sa mga mag-aaral ng pagsusulat ng mga ito sa mga kuwaderno nila.

3. Ang mga Aktibidad. Ipinakakahulugan natin dito ang pagpapaensayo sa individuwal na mag-aaral sa pagpapatupad sa natapos matutuhan niya at mahulo niya mula sa paksa ng inaral niya sa mga bagong sitwasyon sa pamamagitan ng pagganap sa mga aktibidad, na pinapakay sa likod ng mga ito ang pagpuno sa maaaring mangyaring mga kakulangan sa nilalaman ng aralin. Nararapat sa tagapagturo na humimok sa mga estudyante niya sa pagpapatupad sa mga aktibidad na ito sa ilalim na pangangasiwa niya. Mapapansin na ang bawat aktibidad mula sa mga aktibidad na ito ay nauugnay sa isang tukoy na layon at nakikilahok sa pagsasakatotohanan nito. Nanawagan din kami sa mga tagapagturo na magpahalaga sa pagsasanay sa mga estudyante nila sa pamamaraan ng pagpapatupad at pagganap sa mga kaalaman na natutuhan nila mula sa mga aralin at sa pagganap sa mga ito nang praktikal.

4. Ang Pagtatasa (Assessment). Naglalayon ito ng pagsukat sa saklaw ng naisakatotohanan sa mga layon ng aralin at hindi naisakatotohanan. Batay roon, mapapansin ang saklaw ng pagkakaugnay ng bawat isa sa mga tanong ng aralin sa isa sa mga layon nito. Naglaman nga ang

gabay na ito ng ilan sa mga sagot sa mga tanong ng mga aralin bilang pagpupunyagi sa panig namin sa pagpapayaman sa edukasyon ng tagapagturo.

5. Mga Panawag-pansing pang-edukasyon at pang-emosyon. Iyon ay para sa pagpapatupad sa pinakamahalaga sa natutuhan ng estudyante sa aralin at pagsasagawa nito sa pamilya niya at sa gitna ng mga kaibigan niya at lipunan niya.

Ang mga Pundasyon na Pang-edukasyon na Pinagbasehan ng Gabay na Ito

A. Ang mga Layon ng Metodo

Naisagawa ng pagbabalangkas ng mga layong pampamamalakad ng bawat aralin. Naisaalang-alang na sa pagbabalangkas ng mga layong ito:

- na ang mga ito ay maging isang aktuwal na salin ng mga kakayahan ng dokumento.

- na ang mga ito ay maging sarisari sa pagitan ng pampagkakaalam (cognitive), pang-emosyon, at pangkasanayan.

- na ang mga ito ay maging makatotohanan at nakakakaya sa pagsasakatotohanan at nababagay sa nibel ng mga estudyante.

- ang pag-uunti-unti sa mga nibel ng mga layong pampagkakaalam (cognitive): pagsasaalaala - pag-intindi - pagpapatupad - pag-aanalisa - pagbuo - pagtatasa.

- pagpapatupad ng mga kundisyon ng pagbabalangkas ng mahusay na layon, kung saan naglalaman ito ng gawaing pampag-uugali na maaaring masukat at mapansin.

Ang pagpokus ng layon sa paglalarawan sa pag-uugali ng mag-aaral at magtakda rito ng terminolohiya ng kadalubhasaan.

B. Ang Pagbuo ng Nilalaman at ang Pag-organisa Nito

Naisagawa ang pagbuo ng nilalaman ng kurikulum na ito alinsunod sa mga inilagay na layon ng aralin, ang pagsasalin nito para sa mga layong iyon sa isang aktuwal na salin, ang pag-aangkop nito sa mga kakayahang nilalaman ng dokumento, ang pag-aangkop nito sa nibel ng mga estudyante, ang pag-uunti-unti sa paglalahad ng nilalaman mula sa simple hanggang sa pinakamalalim, at ang pagpokus sa katapatan ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpapakatiyak sa katumpakan ng mga impormasyong inihahain dito, pagpapasaksi para rito sa mga āyah ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta sa paglalahad sa nilalaman, at pagbibigay-linaw sa mga mahirap na bokabularyo sa mga teksto ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta na napaloloob sa nilalalaman, bilang pagpapadali para sa mga estudyante. Naisagawa rin ang pagsasaalang-alang sa pagsasadokumento sa mga āyah ng Qur'ān at pagsasakatunayan sa mga ḥadīth ng Propeta.

C. Ang Proseso ng mga Aktibidad na Pampagtuturo

Talaga ngang isinaalang-alang sa mga aktibidad na pampagtuturo ang isang bilang ng mga pamantayang kabilang sa mga ito:

- Ang pagsasaalang-alang sa ugnayan ng mga aktibidad sa mga layon ng aralin at pakikilahok ng mga ito sa pagsasakatotohanan sa mga layong iyon.

- Ang pagsasaalang-alang sa kalikasan ng estudyante sa pamamagitan ng pagganap niya sa mga aktibidad sa pangangasiwa ng tagapagturo niya at ng pakikipagtulungan niya kasama ng mga kaklase niya sa pagganap ng mga iba pang aktibidad.

Ang pagkasarisari sa mga aktibidad na pampagtuturo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga aktibidad na naririnig; mga aktibidad na nakasalig sa pag-uulit-ulit at paggaya sa tagapagturo; mga aktibidad na nauugnay sa pagtipon ng mga bagay na tagatulong tungkol sa paksang anuman; mga aktibidad na nauugnay sa pagbibigay-linaw, pagbubuod, pag-aakda, at muling pagbalangkas; mga aktibidad na nauugnay sa pagsasaulo at pakikinig; mga aktibidad ng pagsusunod-sunod; at mga aktibidad na pampagtutuos.

D. Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo, na Naglalaman ng Sumusunod:

- Ang aklat na pampaaralan at ang nilalaman nito na mga larawan at mga ehemplo.

- Ang mga malaking poster ng paglalahad na isinasabit sa silid-aralan.

- Mga tarheta (card) ng mga aktibidad ng mga grupo.

- Recorder.

E. Ang Pagkasarisari ng mga Istilo ng Pagtatasa

Talagang isinaalang-alang nga sa pagbalangkas ng mga tanong ng mga aralin ng nilalaman ang pag-uugnay nito sa mga layon ng aralin. Ang pagsasarisari sa pagbalangkas ng mga tanong na susukat sa aspetong pampagkakaalam (cognitive) sa pagitan ng mga tanong ng tama at mali, pag-uugnay ng magkapires, pagpili mula sa marami, pagkumpleto, at pagsusunod-sunod. Naisagawa rin ang pagsalig sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at pangkasanayan sa pamamagitan ng pagtatangka ng paglipat ng mga pagkakaalam sa mga pag-uugaling susundin ng estudyante. Ninanis nating tukuyin na kabilang sa pinakamainam sa mga kaparaanang para sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at aspetong pangkasanayan ang istilo ng pagbibigay-pansin at pagsubaybay sa silid-aralan mula sa panig ng mga

tagapagturo at sa tahanan mula sa panig ng mga magulang.

F. Ang Estratehiya ng Pagtuturo

Heto, mahal kong tagapagturo, ang ilan sa mga paraan ng pagtuturo na ginamit sa gabay na ito upang ikaw ay maging nasa isang kamalayan sa mga ito, at sa mga hakbangin ng mga ito at mga hakbang ng pagpapatupad sa mga ito.

1. Ang Pagkatutong Kooperatiba:

Ito ay isang paraan ng pagtuturo na nakasalalay ang ideya nito sa pagkatuto sa loob ng mga maliit na grupo ng estudyante (2-6 estudyante) sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga estudyante sa paggawa nang magkasama at aktibo, pag-alalay ng isa't isa sa kanila para sa pag-angat ng nibel ng bawat individuwal sa kanila at pagsasakatotohanan sa layong pampagtuturong komun. Naisasagawa ang paghahati ng gawain sa loob ng grupo kasabay ng pagtatakda sa isang pinuno ng bawat grupo. Ang pinuno ay susubaybay sa pagganap ng mga individuwal ng grupo niya, magtitipon ng mga pagtugon nila, at maglalahad nito sa tagapagturo.

2. Ang Brainstorming

Ito ay isang paraang nakasalalay sa pagganyak sa pag-iisip-isip at pagkamalikhain. Ginagamit ang brainstorming bilang isang istilo ng pag-iisip-isip

na panggrupo o pang-individuwal sa paglutas sa marami sa mga suliraning praktikal at pambuhay na nagkakaiba-iba, sa layuning madagdagan ang mga kakayahan at ang mga gawaing pang-isip. Humihiling iyon ng: paglalahad ng higit na malaking kantidad ng mga mungkahi o mga lunas o mga impormasyon, at pagsusuri sa mga ito alang-alang sa paghantong sa kalutasan o opinyong tumpak.

3. Ang Paglutas sa mga Suliranin:

Ito ay isang paraan na gumagamit dito ang tagapagturo ng mga pagkakaalam niya at mga kasanayan niya sa pananaig sa isang sitwasyon sa isang bagong anyo at hindi pamilyar sa kanya sa pagkontrol dito at pag-abot sa isang kalutasan para rito.

Naisasahalimbawa ang mga hakbang nito sa pagkaramdam sa suliranin: sa pagtatakda rito at pagtipon ng datos na nauugnay rito, saka pagmumungkahi ng mga kalutasan at pag-aaral sa mga ito para sa pagpili sa pinakamainam sa mga ito.

4. Ang mga Mapang Semantika (Semantic Maps):

Itinataguri sa mga ito ang mga mapang pampagkakaalam (cognitive), mga mapang pang-isip, mga mapa ng mga konsepto, at mga mapa ng mga impormasyon. Nakasalalay ang mga ito sa

pag-aanalisa ng paksa hanggang sa mga katiting nito at pagpapahayag nito sa pamamagitan ng mga dibuho at mga eskema na nag-aanyong mga hugis na heometrikong magkakaiba-iba, tulad ng mga talahanayan, mga bilog o piramide. Iyon ay sa layong magpadali sa pag-aaral ng mga , mag-ugnay sa pagitan ng mga ito, at magsaalaala sa mga ito.

5. Ang Estratehiya ng Simetriya

Gumagana ang estratehiyang ito sa pagpapasigla sa mga kakayahang pang-isip at pagpapagana ng isip para sa pagpapaliwanag sa mga ugnayan sa pagitan ng mga sangkap at mga bagay at pagtatakda sa mga anyo ng pagkakawangisan at mga anyo ng pagkakaibahan. Ang tulad ng pag-iisip na ito ay humihiling ng isang mataas na pagkamalikhain (high creativity) dahil ang sagot palagi ay humihiling ng isang bagong pagtanaw sa pagitan ng mga sangkap.

6. Ang Paraan ng Pagkukuwento

Namumukod ang istilong pampagkukuwento sa pagpukaw nito, pakakaakit-akit nito, at pag-epekto nito sa mga estudyante. Ang kuwento ay nagpapalago ng imahinasyon, pumupukaw sa mga damdamin, nag-aanyaya sa pag-uugnay ng mga premisa sa mga konklusyon; at gumagawa para sa pagsasalin ng konseptong basal (abstract) tungo sa isang reyalidad na nadarama (tangible). Ang pagkukuwento ay sumasalig sa pag-uugnayan sa

pagitan ng mga pangyayari kasama ng pagpukaw sa estudyante upang makipag-interaksiyon dito at mag-ugnay rito sa pagsasagawa niya ng pag-aaral niya. Kinakailangan ang pagsasaalang-alang sa wika at istilo na ipanlalahad sa kuwento at kaangkupan nito para sa mga estudyante.

7. Ang Paraan ng mga Pagpapatupad na Pambuhay

Naglalayon ang istilong ito ng pagtatangka ng pag-uugnay ng mga impormasyon sa mga kaganapan at mga suliraning pambuhay. Iyon ay upang umalalay ito sa estudyante sa pagbabasa ng mga aralin ng nilalaman (content) nang may pagpapahalaga dahil siya ay makatatagpo rito ng paglulunas sa ilan sa mga mali at mga negatibo, pagpapatatag sa mga positibong aspeto at pagtitiyak sa mga ito, at pagtatangka ng pag-uugnay niyon sa inihatid ng Islām na mga patakarang legal at mga panuntunang etikal para makaramdam ang estudyante na ang Islām ay nagreregula sa buhay niya.

8. Ang Estratehiyang – Mag-isip – Magpares – Makilahok:

Ibinibilang ang Estratehiyang – Mag-isip – Magpares – Makilahok na isang estratehiya ng pakikipagtalakayang kooperatiba na binubuo ng tatlong yugto. Ang una: Hahayaan dito ng tagapagturo ang pagkakataon para sa estudyante

sa sarili niya sa pag-iisip-isip sa pagsagot sa tanong o pagganap sa aktibidad, pagkatapos magsasagawa siya ng pagtatalakay sa pagsagot niya sa isa mga kaklase niya. Iyon ay sa ikalawang yugto. Hinggil naman sa ikatlo at huling yugto, magtutulungan ang mga individuwal ng grupo sa pagpapalitan ng mga opinyon nila hinggil sa naabot ng mga pagsagot at pagtatalakay sa mga ito para makabatid sa iisang komun na sagot na nagpapahayag sa opinyon ng grupo.

Ang estratehiyang iyon ay may malaking kahalagahan sa operasyon ng pagkatuto yayamang tunay na ito ay umaalalay sa mga estudyante sa pagproseso nang aktibo sa mga impormasyon gaya ng pagiging ito ay nagpapaunlad ng mga kasanayan ng pakikipag-uugnayan sa kanila at nagpapataas sa mga pag-iisip nila.

9. Ang mga Advance Organizer

Nakikilala ang mga maunlad na organisasyon sa pagiging ang mga ito ay pagkakaloob sa mga mag-aaral ng isang panimula o isang materyal na pagpapaumpisang pinaiksi, na ibinibigay sa simula ng senaryong pampagtuturo, hinggil sa estruktura ng paksa at mga impormasyong ninanais prosesohin sa layong magpadali sa pagkatuto ng mga konsepto, mga ideya, at mga usaping nauugnay sa paksa; at pag-uugnay sa

pagitan ng nalalaman ng mag-aaral dati pa at ng kinakailangan niyang malaman.

Nahahati ang mga advance organizer sa dalawang pangunahing bahagi: ang mga advance organizer na nakasulat at ang mga advance organizer na hindi nakasulat. Nahahati ang organizer na nakasulat ayon sa gampanin ng mga ito sa dalawang bahagi: ang organizer na tagapagbigay-linaw at ang organizer na tagapaghambing.

Hinggil sa mga hindi nakasulat, hinahati ang mga ito sa mga audio, visual, at audio-visual organizer; at mga graphic organizer na sumasalig sa representasyon ng mga bahagi ng mga natutunghayan sa mga grapikong anyo gaya ng kung ito ay isang talahanayang grapiko at inilalahad sa mga estudyante sa simula ng aralin.

10. Ang Prognosis

Humihiling ang paraang ito sa tagapagturo na maglagay ng mga pagpapalagay (assumption) o magbalangkas ng mga inaasahan (expectation) tungkol sa isasagawang pagtatalakay sa paksa, na siyang nagbibigay ng isang layon sa harap ng mag-aaral at naggagarantiya ng pagpokus sa sandali ng pag-aalam sa nilalaman, para magtangka ng pagtitiyak o pagpapabula sa mga inaasahang ito, gaya ng pagbibigay nito ng mga pagkakataon sa harap ng mag-aaral para mag-ugnay ng mga

bagong impormasyon sa yaong tinataglay na niya talaga.

Maaari sa tagapagturo na mag-alalay sa mga estudyante niya sa inaasahan nila na tatalakayin paksang pag-aaralan sa pamamagitan ng sumusunod:

pagbabasa ng pamagat ng paksa o pag-alam sa mga layon ng aralin o pagpapatulong sa pamamagitan ng mga tanong.

11. Ang Pansariling Pagtanung-tanong: Ang Produksiyon ng mga Tanong

Naglalayon ang paraang ito ng pagpapaunlad ng pansariling kamalayan. Nagpapadali ito ng interaksyon sa teksto at nagpapadali ito ng proseso ng pag-intindi at paggunita. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong hinggil sa paksa bago, sa sandali, at matapos ng proseso ng pag-aaral. Ito ay nakasalalay sa pagtutuon ng tagapagturo ng isang grupo ng mga tanong para sa sarili niya sa sandali ng interaksyon sa mga ḥadīth na pinag-aaralan, na gagawa rito bilang higit sa pagkaisinasama sa mga impormasyong natutuhan at pagkakaalam na naaabot. Inireresulta nito sa kanya ang kamalayan sa mga proseso ng pag-iisip.

12. Estratehiya ng Nakaalam Ako – Nagnanais Ako na Makaalam – Natuto Ako (KWL)

Umaalalay ang estratehiyang ito sa mga estudyante sa inaasahan sa mga impormasyong nasasaklawan ng paksa at pag-uugnay sa mga ito sa naunang pagkakaalam na taglay nila. Maaari rin sa tagapagturo na gumamit ng mga ito sa pagpukaw sa pagpapahalaga ng mga estudyante hinggil sa isang tukoy na paksa at pagsasagawa ng pagtatasa (assessment) sa naabot ng pagkaintindi ng mga estudyante sa paksang iyon at mga kamalian ng mga konsepto sa kanila.

Sumasagisag sa estratehiyang ito ang KWL, na daglat ng mga salitang:

Know (K), Want (W), Learned (L).

Ang unang salita (Know) ay nagpapahayag ng nalalaman ng mag-aaral tungkol sa paksa. Ang ikalawang salita ay nagpapahayag ng ninais malaman tungkol sa paksa. Ang ikatlong salita naman ay nagpapahayag ng natutuhan ng mag-aaral tungkol sa paksa.

13. Ang Estratehiya ng Pag-aanalisa at mga Punto ng Pananaw:

Ang estratehiyang ito ay umaalalay sa mag-aaral sa pag-iisip sa mga opinyon niya at mga pinaniniwalaan niya; at nagpapalakas-loob sa kanya pagpapahayag ng punto ng pananaw, mga ideya, mga prinsipyo, mga minamahalaga (values), mga pinaniniwalaan, at mga opinyon na pinaniniwalaan sa mga iba't ibang sitwasyon, na

nakaaapekto dahil sa papel ng mga ito sa pagtanaw niya sa mga bagay-bagay at interaksyon niya sa mga pangyayari. Ang estratehiyang ito ay sumasalig sa pag-aanalisa ng estudyante sa punto ng pananaw niya upang magbigay sa kanya ng mga pagkakataon para sa dagdag na pagpapakalalim sa pag-iisip-isip sa mga ito at pagbubulay-bulay sa saklaw ng katumpakan ng mga ito at saklaw ng pagkabagay ng mga ito para sa sitwasyon; o para sa paglutas ng isang suliranin kabilang sa mga suliranin, pag-aanalisa ng punto ng pananaw na maaaring mairesulta ng pagsuporta rito at pagtanggap dito (kapag ito ay nababagay at tumpak) o pagsususog dito (kapag kinailangan) o pagtangi rito (kapag ito ay hindi nababagay at hindi tumpak).

Sa pagwawakas, kapatid kong tagapagturo:

Tunay na ang gabay na ito ay isang kaparaanan sa mga kamay mo, na magbibigay ng mga bunga nito kung hinusayan ang paggamit dito at hindi magdudulot ng anuman kung hindi gayon. Hindi kami naglalayon sa likod nito ng paglilimita sa mga kakayahan ninyo o pagpigil sa mga pagkamalikhain ninyo.

Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Paghihimala ng Marangal na Qur'ān - Ang mga Alagad ng Marangal na Qur'ān).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Mga Poster na Pampagtuturo - Voice Recording ng Ilan sa mga Āyah ng Qur'ān).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Dayalogo at ang Pakikipagtalakayan).

Ang mga Minamahalaga (Values) at ang mga Oryentasyon:

* Ang Pagbibigay-halaga sa Katayuan ng Marangal na Qur'ān.

* Ang Pagdakila sa Marangal na Qur'ān.

* Ang Pagsisigasig sa Pag-ibig sa Marangal na Qur'ān at mga Alagad Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin para sa mga estudyante mo sa pamamagitan ng pagbukas ng voice recorder ng mga maikling āyah ng Marangal na Qur'ān at ng pakikinig sa mga ito nang maigi, pagkatapos kausapin mo sila hinggil sa nilalaman ng mga āyah habang naglilinaw sa kanila ng kainaman ng pagbigkas ng Qur'ān at katayuan nito.

pagkatapos isulat mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Maaari mong hilingin sa mga estudyante mo na basahin ang aralin nang tahimik.

Papipiliin mo ang ilan sa mga estudyante para magbasa nang malakas sa mga kaklase nila pagkatapos at oobligahin mo ang ilan sa kanila na isulat ang mga pangunahing elemento ng aralin sa pisara nang sa gayon malubos ang pag-uusap tungkol sa bawat elemento nang detalyado.

Hakbang Numero 2

Magsagawa ka ng pagrerepaso sa mga bagong pananalita sa aralin sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga ito sa pisara at pagtatalakay sa

mga estudyante ng mga kasingkahulugan ng mga ito.

Isulat mo ang mga kasingkahulugang iyon sa pisara.

Hakbang Numero 3

Minamagaling na gamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo saka paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Pagkatapos hihilingin mo sa bawat grupo na magtulungan sa isa't isa sa grupo sa pagtatakda sa pinakamahalaga sa mga kainaman ng Marangal na Qur'ân.

Mag-oobliga ka sa isa sa mga estudyante mula sa mga kaanib ng grupo ng pagtatala sa pisara ng naisagawang konklusyon.

Magkokomentaryo ka sa pagkakasakatuparan nila.

Hakbang Numero 4

Huluhin mo sa pamamagitan ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan kung ano ang mga pagkakahayag ng pagpaparangal sa mga alagad ng Marangal na Qur'ân at kung ano ang kinakailangan sa atin tungo sa Marangal na Qur'ân.

Sa pamamagitan ng mga sagot ng mga estudyante, mag-uugnay ka sa kanila sa mga

paghuhulo (deduction) na nahinuha mula sa aralin, pagkatapos magsusulat ka ng mga ito sa pisara, na ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang sumusunod:

Ang Paghuhulo:

1. Ang Marangal na Qur'ān ay ang Salita ni Allāh at ang pinakadakila rito.

2. Ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakadakila sa mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

3. Ang Marangal na Qur'ān ay liwanag at kapatnubayan para sa mga nilalang.

4. Iningatan ni Allāh ang Marangal na Qur'ān.

5. Nagbiyaya si Allāh sa mga alagad ng Qur'ān ng pagkaangat sa Mundo at pananagumpay sa Kabilang-buhay.

6. Yayamang nalaman natin ang dakilang kalagayang ito ng Qur'ān, kinailangan sa atin na magbigay-halaga sa totoong halaga nito. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbabasa nito, pagninilay-nilay nito, pagkatuto nito, pagsasaulo nito, pagsunod sa mga ipinag-uutos nito, at pag-iwas sa mga sinasaway nito.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Panggrupo, Paglilinaw sa Katayuan ng Marangal na Qur'ān

Numero ng Layon 1

Mag-oobliga ka sa bawat estudyante ng pagsasaliksik sa sagot ng aktibidad.

Matapos nito, magtalakay ka sa kanila ng Marangal na Qur'ān, pagkatapos magparating ka sa kanila sa tama.

Mag-oobliga ka sa ilan sa kanila na magsulat ng tumpak na sagot sa pisara upang ilipat nila sa mga kuwaderno nila.

Aktibidad 1:

Nagsimula ang pagbaba ng Qur'ān sa Makkah, ang pinakababanal na bayan ni Allāh.

Nagsimula ang pagbaba nito sa buwan ng Ramaḍān.

Bumaba ito sa wikang Arabe, ang wika ng mga maninirahan sa Paraiso.

Ibinaba ito ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga).

Ang Pangwakas sa mga sugo ay si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Kalipunan ng Islām ay ang pinakamabuting kalipunan na pinalabas para sa mga tao.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw sa Kainaman ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Numero ng Layon 3, 4

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hihilingin mo sa kanila ang maupo sa anyo ng mga umpukan (ḥalaqah) gaya ng nasa larawan ng aktibidad, na ang bawat umpukan (ḥalaqah) ay magtutulungan sa pagsagot sa aktibidad.

Magtatalaga ang bawat grupo ng isa sa mga kaanib nito upang maghayag ng naabot na nahantong ng grupo nito, pagkatapos magtatala siya nito sa pisara. Ang nangyaring pagkakaiba-iba ng opinyon ay pagsasagawaan ng pagtatalakayan nito sa harapan mo at sa ilalim ng pangangasiwa mo hanggang sa maisagawa ang pagkaabot sa tama at ang pagtatala nito sa pisara.

Aktibidad 2:

1. Ang pagbaba ng mga anghel at ang pagdalo sa mga pagtitipon para sa Marangal na Qur'ān.

Ang pagbaba ng katiwasayan at awa sa mga tagabasa ng Marangal na Qur'ān.

Ang pagbanggit ni Allāh sa mga tagabasa ng Marangal na Qur'ān sa langit.

2. Ang Pagkakasagawa ng Wuḍū' - Ang Pag-upo Nang May Kapanatagan at Kahinahunan - Ang Pagmumuni-muni at ang Kataimtiman sa Sandali ng Pagbigkas

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa:

Paghahati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo para magtulungan sa isa't isa sa kanila sa pagsagot sa mga tanong.

Tutugon ang bawat grupo sa isang tanong mula sa mga tanong.

Magpapalitan ang bawat grupo ng pagsagot sa iba para magtasa nito, pagkatapos susuporta ang grupo na tumama.

PANUTO 1: (x) (x) -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa

buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pakikinig sa Marangal na Qur'ān nang may pagmumuni-muni, pag-intindi sa mga patakaran nito, at pagpapanuto sa mga nakapaligid sa kanila sa pagsasakatotohanan niyon.

Ang pagdulog kay Allāh sa bawat oras at kalagayan at hindi sa oras ng kagipitan at kahinaan lamang.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Sūrah Al-Fātiḥah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Araw ng Pagtutumbas - Landasing Tuwid - mga naliligaw).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang mga Āyah ng Qur'ān).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo: (Ang Pagkatutong Kooperatiba - Ang Brainstorming - Ang Pamamaraang Deduktibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pagkapit sa mga Saligan ng Paniniwalang Islāmiko

Ang Pag-ibig kay Allāh, ang Pagdakila sa Kanya, at ang Takot sa Kanya

Ang Pagdakila sa Halaga ng Sūrah Al-Fātiḥah

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo ang magpasimula para sa aralin sa pamamagitan ng pagpapaandar ng voice recorder para sa Sūrah Al-Fātiḥah at ang makinig dito nang maigi, pagkatapos magsasalita ka sa kanila tungkol sa katayuan nito sa mga sūrah ng Marangal na Qur'ān, pagkatapos isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Hilingin mula sa mga estudyante na tingnan ang mga marangal na āyah, pagkatapos mananahimik sila at makikinig sila sa mga āyah ng Marangal na Qur'ān sa pamamagitan ng audio medium na nakarekord dito ang mga āyah ng Qur'ān.

Hakbang Numero 2

Bigyang-linaw ang pambuod na kahulugan ng mga āyah, pagkatapos bigyang-linaw ang mga marangal na āyah nang detalyado.

Pumili ka ng tatlong estudyante sa isang paraang pasapalaran at mag-atang ka sa kanila sa pamamagitan ng pagpili ng bawat isa sa kanila ng isang āyah mula sa mga marangal na āyah at magsagawa ng pagbibigay-linaw rito.

Pumili ng tatlong iba pa hanggang sa malubos ang pagtalakay sa mga marangal na āyah sa kabuuan ng mga ito.

Hakbang Numero 3

Minamagaling na gamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo saka paghahati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Hilingin mo sa bawat grupo na magtulungan sa isa't isa para mahango ang mga utos na pambatas na nilaman ng Sūrah Al-Fātiḥah.

Atangan ang isa sa mga estudyante mula sa mga kaanib ng grupo na itala sa pisara ang nahantong, pagkatapos magkomentaryo sa pagkakaganap nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Maglaga ka sa bawat estudyante sa pagbanggit ng isa sa mga paghuhulo (deduction) na nahantong matapos ng pagkaunawa niya sa

pagpapakahulugan ng sūrah, pagkatapos itala mo sa pisara ang mga tugon nila kasabay ng pagkokomentaryo sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Halaga at Kadakilaan ng Sūrah Al-Fātiḥah.

Numero ng Layon 3

Hilingin mo sa mga estudyante na buksan ang aklat na itinakda para sa aktibidad; pagkatapos sa pamamagitan ng brainstorming, hilingin mo sa kanila ang mag-isip kaugnay sa sagutin dito at talakayin mo sa kanila ang naabot na pagkaunawa.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Kahulugan ng Sūrah Al-Fātiḥah.

Numero ng Layon 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsagot sa tanong ng aktibidad. Dadaan siya sa mga estudyante para mapag-alaman ang mga sagot, mamimili siya ng pinakatama sa mga ito, pagkatapos mamimili

siya ng babanggit ng āyah sa harapan ng mga kaklase at ang magtutuwid dito sa sandali ng pagkakamali.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa mga tanong na napaloloob sa aklat bilang individuwal.

Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa isang kaklase niya upang magsagawa ang bawat isa sa kanilang dalawa ng pagsagot sa kasama.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante upang maglahad ang bawat isa sa kanila ng naisaayos niya at naiwasto niya sa sagot ng kaklase niya.

Hayaan mo sa mga estudyante ang pagkakataon para sa pagkomentaryo sa nailahad ng ilan sa kanila sa iba, pagkatapos magkomentaryo ka sa pagkakaganap ng mga estudyante at magpaliwanag ka sa kanila ng modelong sagot sa mga tanong.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng:

Pagsisigasig sa pagpuri kay Allāh at pagdalangin sa Kanya ng kapatnubayan tungo sa landasing tuwid.

Pagkakinakailangan ng paghahanda para sa Araw ng Pagbangon sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagtalima at paglayo sa mga pagsuway.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al- Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Kawthar - ang nasusuklam sa iyo - ang lagot sa pagpapala - Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Kuwentong Pampagtuturo - Ang mga Palaisipang Pampagtuturo - Ang mga Pagtatalakay - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pagbibigay-halaga sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Kainaman ng Pagtatanggol sa Kanya sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang Pagpapakawalang-kaugnayan sa Kawalang-pananampalataya at mga Kampon Nito.

Ang Pananampalataya sa Anumang Itinangi ni Allāh sa Propeta Niyang si Muḥammad (Basbasan Niya Ito at Pangalagaan) Gaya ng Ilog ng Kawthar.

Ang Pagmamamarangal sa Pagkaanib sa Relihiyong Islām.

Ang Pagtataglay ng Pagpapakawagas sa Pagsamba.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ibigay ang sumusunod ng palaisipan sa mga estudyante. Matapos mapag-alaman ang mga sagot nila, ipaalam sa kanila ang sūrah at ang bilang ng mga āyah nito. (Ito ay sūrah na nagsasalita tungkol sa isa sa mga ilog ng Paraiso at tumatalakay rin ito sa isa sa mga patakaran ng

pag-aalay.) Kaya ano ang sūrah na ito? Pagkatapos hahantong ka kasama sa kanila sa paksa at magtatala ka nito sa pisara.

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilong pakuwento, magpaliwanag ka sa mga estudyante ng kadahilanan ng pagkababa ng Sūrah Al-Kāfirūn, habang nagsasaalang-alang sa mga kasanayan ng pagsalaysay ng kuwento sa punto ng tinig, wika, at istilo; pagkatapos mamili ka ng isa sa kanila upang ulitin ang pagsalaysay nito sa mga kaklase niya para makatiyak sa pagkaunawa nila rito; pagkatapos isulat mo ang pangalan ng sūrah sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang sūrah ng aralin sa pamamagitan ng alinmang iba pang audio medium.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mga estudyanteng mahuhusay sa pagbigkas ng dalawang marangal na sūrah sa mga kaklase ng dalawang ito.

Hakbang Numero 2

Magsasagawa ang tagapagturo ng magkahiwalay na paglalahad

ng bawat isa sa dalawang sūrah na napaloloob sa aralin.

Tatalakay siya nito sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Ang pagpapatulong sa sandaling iyon sa mga sumusunod na tanong para ibigay sa mga estudyante at talakayan sa kanila:

Panuto: Bakit itinangi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbibigay ng Kawthar?

Panuto: Kinakailangan ba sa Muslim na magpawalang-kaugnayan sa sinasamba ng mga tagatangging sumampalataya? Ipaliwanag mo iyon.

Panuto: Ano ang mga resultang ibinubunga ng pagmamamarangal ng Muslim sa pagkakaanib sa Islām?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagsulat ng isang katuturan mula sa natutuhan niya mula sa pagpapaliwanag sa dalawang marangal na sūrah; pagkatapos mamili ka ng tatlong estudyante upang maglahad ang bawat isa sa kanila ng nahinuha mula sa aralin at kung papaano siyang magpapatupad nito sa buhay niya.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglalarawan sa Paraiso at mga Ilog Nito

Numero ng Layon 2

Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante at magbigay ka sa bawat isa sa kanilang dalawa ng isang tarhetang pampagtuturo (instructional card). Maglalaman ang isa sa dalawang tarheta ng hadith na nariryan sa aktibidad at maglalaman ang isa pang tarheta ng mga katangian ng mga iinom mula sa ilog ng Kawthar. Magbabasa ang bawat estudyante sa mga kaklase niya ng itinalaga sa kanya.

Hihiling ang tagapagturo mula sa unang mag-aaral na maglarawan ng ilog ng Kawthar at hihiling naman siya sa ikalawang mag-aaral na magtakda ng mga katangian ng mga iinom sa ilog ng Kawthar.

Aalamin ng tagapagturo ang mga sagot ng dalawang estudyante habang hinahayaan ang pagkakataon sa mga kaklase nilang dalawa para magtasa sa kanilang dalawa at magkomentaryo sa mga ito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Kaalaman sa Pakikitungo sa mga Tagatangging Sumampalataya Kahit pa man Sila ay Kabilang sa mga Kamag-anak.

Numero ng Layon 3, 4

Sa pamamagitan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ibigay mo sa mga estudyante ang mga tekstong matatagpuan sa aktibidad.

Humiling ka sa kanila na mag-isip-isip sa pagsagot sa mga pagtatanung-tanong na inilakip sa mga tekstong ito.

Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para maglahad ng mga sagot nilang dalawa kasabay ng naaangkop na pagsuporta.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng Katayuan ng Paniniwala at Katayuan ng Pakikitungo. Numero ng Layon 3

Humiling ka mula sa bawat estudyante na magtala ng isang saloobin na maglilina ng kaibahan sa pagitan ng katayuan ng paniniwala at katayuan ng pakikitungo.

Tipunin mo ang mga naisulat at mamili ka ng ilan sa mga ito nang pasapalaran para basahin ang mga ito at isadamdamin ang nilalaman nito na kahulugan at pakahulugan.

Mamili ka ng pinakamainam sa mga ito at titipunin ito sa isang poster na isasabit sa silid-aralan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isa kasunod ng isa pa.

hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa pagsagot sa mga tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran para sa paglalahad ng mga sagot nila sa nalalabi sa mga estudyante.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: - - -.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman

nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Pagtatangka ng bawat estudyante na magpalaganap ng mga impormasyon na napag-alaman niya mula sa aralin sa pamamagitan ng alinmang kaparaanang itinuturing niya na naaangkop, para magpaalam sa mag-anak niya at mga kaibigan niya ng natutuhan niya upang maipanggabay nila sa buhay nila.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Sūrah An-Naṣr at Ang Sūrah Al-Masad

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (mga pulu-pulutong - tali mula sa linubid na himaymay).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Dayalogo at ang Pagtatalakay - Ang Istilong Pakuwento - Ang Pamamaraang Pahulo (Deductive)).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pagkatuwa sa Pananaig ng Islām at mga Muslim.

Ang pagbibigay-halaga sa kahalagahan ng tasbīḥ (pagluluwalhati kay Allāh) at istighfār (paghingi ng tawad kay Allāh) sa buhay ng Muslim.

Ang Pagtataglay ng Pagpapakawagas sa Pagsamba.

Ang Pananampalataya kay Allāh at ang Pagsisigasig sa mga Gawang Maayos.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglalahad ka ng isang larawan ng isang babaing pumapasan ng isang bigkis ng kahoy na panggatong na tinalian ng isang mahabang lubid na nakalitaw at nakikita ng lahat. Magpapatid ka sa kanila na para sa tulad ng babaing ito ay may isang kuwentong nabanggit sa isa sa mga sūrah ng Marangal na Qur'ān. Kaya sino ang makakakaya na bumanggit sa atin ng pangalan ng sūrah ng Qur'ān na nabanggit doon ang nasabing babae? Sino ang magsasalaysay ng kuwento?

Pagkatapos magpapatid ka sa mga estudyante na ang sagot ay malalaman natin sa pamamagitan ng pagpapakahulugan sa sūrah na ito.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang sūrah ng aralin sa pamamagitan ng isang audio medium.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mga estudyanteng mahuhusay sa pagbigkas ng dalawang marangal na sūrah sa mga kaklase ng dalawang ito.

Hakbang Numero 2

Magpapatulong ang tagapagturo sa isang kompyuter at magsasagawa siya ng isang paglalahad sa bawat sūrah sa aralin nang magkahiwalay.

Tatalakay siya nito sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Ang pagpapatulong sa sandaling iyon sa mga sumusunod na tanong para ibigay sa mga estudyante at talakayan sa kanila:

PANUTO: Bakit pumapasok ang mga tao sa Relihiyon ni Allāh nang mga pulu-pulutong?

PANUTO: Ano ang nalalaman mo tungkol kay Abū Lahab?

PANUTO: Ano ang pinakamahalaga sa mga katuturang mahihinuha mula sa Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante upang maglahad ang bawat isa sa kanilang dalawa ng nahango niyang katuturan mula sa aralin at kung papaano niyang ipatutupad ito sa buhay niya, kasabay ng pagsubaybay sa nalalabi sa mga estudyante at pagtatasa sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw sa Kainaman ng istighfār (Paghingi ng Tawad kay Allāh) at Kahalagahan Nito

Numero ng Layon 3

Maaari sa iyo ang magtalaga sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa isa't isa sa kanila sa pagsagot sa unang aktibidad.

Magpalakas-loob ka sa bawat pangkat sa paggamit ng mga malikhaing kakāyahan niya sa pag-alam sa pamamaraan ng paghango ng patunay, sa pamamagitan ng Sūrah An-Naṣr, na

ang Muslim ay humihingi ng tawad kay Allāh sa lahat ng mga kalagayan niya at hindi sa sandali ng pagsuway lamang.

Pakaalamin mo ang sagot ng bawat grupo sa kundisyon na magbigay ka ng pagkakataon sa grupo para sa pagkokomentaryo sa ilalahad ng mga iba at paglilinaw sa saklaw ng pagkakasang-ayon at pagkakasalungat doon.

Magbibigay ka ng naaangkop na feedback sa mga estudyante.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Pagpapahalaga sa Katarungan sa Islām.

Numero ng Layon 3, 4

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagsaliksik sa mga kaparaanang mayroon sa kanya gaya ng pagsangguni sa imām ng masjid para umabot sa paglilinaw sa halaga ng katarungan sa Islām gaya ng isinaysay ng marangal na ḥadīth. Magsusulat sa isang panlabas na kard ang bawat estudyante ng nahahantong niya.

Tipunin ang mga kard at tasahin (assess) ang mga pagkakaganap ng mga estudyante, pagkatapos ibigay sa kanila ang pagpapalakas-loob na naaangkop.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isa kasunod ng isa pa.

Minamagaling na hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa pagsagot sa mga tanong.

Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran para sa paglalahad ng mga sagot nila sa nalalabi sa mga estudyante.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: - - - .

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapalakas-loob sa mga mag-aaral sa pagsasagawa ng istighfār (paghingi ng tawad kay Allāh) sa buhay ng Muslim, pagsisikap sa

pagpapalaganap ng dalawang ito, at pagpapaalam sa mga nakapaligid sa kanila upang magpatupad sila ng dalawang ito rin.

Ang Ikalimang Aralin:

Ang Ikalimang Aralin

Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās

Ang Panahon ng Aralin: Dalawang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang Dulugan - kapantay - buhang-liwayway - pusikit - lumaganap - mga babaing palaihip - naiinggit - tagapasaring - palaurong - jinn).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Istilong Pakuwento - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pananampalataya kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya – at na Siya ay Walang Maybahay at Walang Anak.

* Ang Pagsisigasig sa Pagdulog kay Allāh.

* Ang Pangungunyapit kay Allāh, ang Panginoon, ang Tagapagmay-ari, ang Sinasamba – tanging Siya.

* Ang Pag-iwas sa mga Demonyo ng Tao at Jinn.

* Ang Paniniwala sa Reyalidad ng [Kasamaan ng] Panggagaway, Inggit, at Kairalan ng Dalawang Ito.

Ang Pagpapakatibay sa Pamamagitan ng Pagsambit ng Dhikr kay Allāh Dahil Siya ay Nagsasanggalang Laban sa Inggit at Demonyo.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ibigay mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo: (Binanggit ni Yūsuf sa ama niya ang lagi niyang nakikita sa pagtulog niya na mga nakapangingilabot na panaginip. Nagpayo naman sa kanya ang ama niya na matulog siya nang may ṭahārah at matapos bumigkas ng mu`awwidhatān (Sūrah Al-Falaq at Sūrah An-Nās). Tinanong ni Yūsuf ang sarili niya: "Ano ang kainaman ng dalawang ito? Bakit ang dalawang ito mismo?") Pagkatapos ipababatid mo sa mga estudyante na sila ay makaaalam sa sagot sa pamamagitan ng

aralin at itatala mo sa pisara ang pamagat at ang bilang ng mga āyah.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Magtatalaga ka sa mga estudyante sa pagbasa ng mga āyah nang tahimik na pagbabasa para mapag-alaman ang mga kaisipang nilalaman ng mga ito, pagkatapos magbibigay ang bawat isa sa kanila ng ilan sa mga tanong hinggil sa ninanais matutunan mula sa mga āyah.

Babasahin mo sa kanila ang mga āyah nang malakas na pagbasa at hihilingin mo mula sa ilan sa mga estudyante na magbasa sa harap ng mga kaklase nila.

Ang Pagtatalakay at ang Pagpapaliwanag ng mga Kahulugan ng mga Bokabularyong Mahirap.

Hakbang Numero 2

Magpapatulong ang tagapagturo sa isang kompyuter, magsasagawa siya ng isang paglalahad sa bawat sūrah na nagsosolo, at magtatalakay siya ng mga ito sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag. Iyon ay sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming.

Pagkatapos mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng nahantong nila.

Hakbang Numero 3

Gagamitin mo ang pamamaraang pampaghuhulo (deductive) at hihilingin mo sa mga estudyante na bumanggit ng mga halimbawa ng pag-iingat ni Allāh sa mga lingkod Niya.

Mamimili ka ng ilan sa mga halimbawang ito at magsusulat ka ng mga ito sa pisara, kalakip ng pag-alalay sa kanila sa paghuhulo ng epekto ng mu`awwidhatān (Sūrah Al-Falaq at Sūrah An-Nās) sa pagpapalalim ng kahulugan ng pagdulog kay Allāh at pagtatalakay nito sa kanila.

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa paghuhulo ng kaugnayan sa pagitan ng mga āyah ng mga marangal na sūrah at ng pagbaba ng mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Maaari sa iyo na mamili ng dalawang estudyante upang maglahad ang bawat isa sa kanila ng nahinuha niya mula sa aralin at kung papaano niyang ipatutupad ito sa buhay niya, kasabay ng pagsubaybay at pagtatasa mo sa mga estudyante.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Kainaman ng Pagpapamalagi sa Pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās at mu`awwidhatān (Sūrah Al-Falaq at Sūrah An-Nās).

Numero ng Layon 4

Hihiling ka sa bawat estudyante na magsolo sa pagtugon sa sumusunod na aktibidad sa isang nakahiwalay na papel.

Magbibigay ka sa kanila ng patlang na makasasapat sa pagtugon. Matapos makatapos, makikipagtalakayan ka sa kanila nang pasalita.

Mamimili ka ng isang mag-aaral kasunod ng isa pang mag-aaral upang maglahad ng tugon niya sa harap ng mga kaklase at magtatasa ka sa pagganap niya.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa Pamamaraan ng Pagsangalang Laban sa Panggagaway (Karunungan Itim) at mga Pinsala Nito.

Numero ng Layon 3

Hihilingin mo sa mga estudyante ang paggawa sa mga grupo ng pagtugon sa sumusunod na aktibidad sa isang praktikal na paraan.

Magpapalitan ang bawat grupo ng ginagampanang papel sa katabing grupo para sa

pagtatasa rito sa ilalim ng pangangasiwa mo at pagsubaybay mo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagtugon sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Ang pagbabasa nang maigi ng mga sumusunod na tanong mula sa mga aklat nila. Pagkatapos hihilingin mo sa kanila na tumugon sa mga ito sa mga kard na nakahiwalay. Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa rito.

Titipunin mo ang mga kard, pagkatapos mamimili ka ng ilan sa mga ito sa isang paraang pasapalaran para magtasa ng mga ito sa harapan ng mga estudyante.

Ang pagpapaalam sa kanila ng mga tumpak na sagot at mga maling sagot.

Banggitin mo ang pangalan ng mag-aaral na may-ari ng kard at kung sino ang nagsagawa ng pagtutumpak nito.

PANUTO 1: - - - - -.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapamalagi sa pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlāṣ at mu`awwidhatān (Sūrah Al-Falaq at Sūrah An-Nās) sa umaga, gabi, pagkatapos ng mga ṣalāh, at bago matulog.

Ang pagdulog kay Allāh sa bawat oras at sandali at hindi lamang sa oras ng kagipitan at kahinaan.

Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Islām (Pagpapasakop) - Ang Imān (Pananampalataya) - Ang Iḥsān (Pagpapakahusay)).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo: (Ang Pagkatutong Kooperatiba - ang Brainstorming - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang pagkadama ng pagmamalaki sa kalubusan ng Relihiyong Islām.

* Ang paglalantad ng paniniwala ng puso sa pamamagitan ng pagbigkas ng Dalawang Pagsaksi.

* Ang paniniwala na ang pananampalataya ay nadaragdagan sa puso dahil sa dami ng kaalaman sa mga patunay at mga patotoo ng Islām.

* Ang pagkaramdam ng lakas ng pagkakaugnay sa pagitan ng pananampalataya at maayos na gawa.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, ikuwento mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo: (Nagtanong si Muḥammad sa tagapagturo niya ng kadahilanan ng pagkakaibahan ng kaginhawahan ng mga maninirahan sa Paraiso. Nagsabi naman ang tagapagturo: Nagkakaibahan sila ayon sa sukat ng pananampalataya nila, mga gawa nila, at pagsasakatotohanan nila sa mga antas ng Relihiyon. Nagtanong naman si Muḥammad kung ano ang mga antas ng Relihiyon.) Pagkatapos makikipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa sagot

doon. Pagkatapos magpapabatid ka sa kanila na sila ay makaaalam sa sagot sa tanong na ito sa pamamagitan ng araling ito. Pagkatapos isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Itatala mo ang mga pangunahing sangkap sa aralin sa pisara para sa pagsisimula sa pagpapaliwanag sa mga ito at pagbibigay-linaw sa mga ito.

Pagkatapos paghahati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo. Sa pamamagitan ng brainstorming, magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagtatakda ng konsepto ng Islām (Pagpapasakop), Īmān (Pananampalataya), at Iḥsān (Pagpapakahusay)).

Itatala ng bawat grupo sa pisara ang nahantong nito para sa paghahambing sa kanila, pagkatapos gagabayan mo sila sa tama.

Hakbang Numero 2

Gagamitin mo ang estratehiya ng pagkatutong kooperatibo, pagkatapos magsasaliksik ang bawat grupo ng pagkakaugnay ng pananampalataya sa gawa.

Mamimili ang bawat grupo ng isa sa grupo para sa paglalahad ng nahantong nito at pagtatasa nito.

Hakbang Numero 3

Gagamit ka ng istilo ng pansariling pagtatanung-tanong at magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagbalangkas ng isang tanong na naglalayon ng pagsagot sa paglilinaw sa mga haligi ng Pananampalataya. Pagkatapos magtatala ka sa pisara ng sagot nila matapos ng pakikipagtalakayan sa kanila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante na pumili ng isa sa mga sangkap ng aralin at magpahayag ng nahinuha niya mula rito.

Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para magbigay ng mga tugon nila, habang nagkakaloob sa kanila ng pagkatig na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng mga Antas ng Relihiyon.

Numero ng Layon 3

Magtalaga ka sa bawat estudyante ng pagsagot nang nagsosolo sa sumusunod na aktibidad:

Hilingin mo sa kanila ang pagpapalitan ng mga sagot sa isa't isa sa kanila para sa pagtutumpak sa mga ito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pag-uugnay sa Pagitan ng mga Teksto at ng Nagpapatunay Rito.

Numero ng Layon 4

Maaari sa tagapagturo na magbaha-bahagi sa mga estudyante ng ilang kard na naglalaman ng mga patunay ng mga tekstong nasasaad sa aktibidad. Pagkatapos mamimili siya ng tatlo sa kanila sa kundisyon na mag-angat ang bawat estudyante mula sa kanila ng kard na nagpapatunay sa teksto. Sa sandali ng pagkakamali, aalisin sa kanya ang kard at ibibigay sa iba.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagpapayo.

Numero ng Layon 5

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsulat ng payo sa sinumang nag-aangkin na ang puso niya ay nag-uumapaw sa pananampalataya sa kabila ng lahat na siya ay

hindi gumaganap sa mga pagsambang isinatungkulin.

Pakaalam niya ang inilahad ng mga mag-aaral at hihilingin niya sa kanila na magpalitan ng nahantong nila sa gitna nila para magtasa sa kanila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Paghahati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo. Hihilingin mo sa bawat estudyante ang magtulungan sa pagsagot sa mga tanong.

Mamimili ka ng bawat dalawang pangkat sa anyong magkapares upang maglahad ang dalawang ito ng sagot ng dalawang ito.

Magtatasa ka sa dalawang ito, na nagtatakda sa pinakamainam sa dalawang ito sa pagsagot, at ibibigay mo rito ang gradong nababagay.

Magtatakda ka ng pinakamataas na grupo sa grado at magpapalakas-loob ka sa mga kasapi nito sa pamamagitan ng paggawa sa kanila bilang mga tagapanguna sa mga kaklase nila sa pagsubaybay sa kanila sa pagtutumpak ng mga mali ng mga nagkakamaling grupo.

PANUTO 1: - - .

PANUTO 2:

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pag-alam sa anyong higit na malawak sa kahalagahan ng Pananampalataya at mga haligi nito sa pamamagitan ng mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat o mga araling naririnig o mga reperensiyang elektroniko.

Ang pagsasadamdamin ng kahalagahan ng pagkakaugnay ng mga gawain sa pananampalataya, kalakip ng pagsisigasig sa pagsusumikap sa maayos na gawain.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Naturalesa - Ang mga Pamiminsala - Ang Palalupig - Ang

Tagapagpasapat - Ang Pinananaligan - Ang mga Bahagi ng Katawan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Āyah ng Qur'ān na Nasasaad sa Aralin - Ang Muṣḥaf - Ang Pisara - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtuturong Palitan (Mutual) - "Ang Prognosis - Ang Pagtatanung-tanong - Ang Pagpapaliwanag - Ang Pagbubuod" - Ang mga Semantic Map - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Values) at ang mga Oryentasyon:

* Ang Pagbibigay-halaga sa mga Epekto ng Pananampalataya kay Allāh sa Individuwal at Lipunan.

* Ang Pagdakila sa mga Pangalan ni Allāh at mga Katangian Niya.

* Ang Pagsisigasig sa Pananawagan kay Allāh sa Pamamagitan ng mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya.

Ang Pagsasadamdamin ng Kahalagahan ng Pagpapakamananamba sa Pamamagitan ng mga Pangalan ni Allāh at mga Katangian Niya.

* Ang Pagtataglay ng mga Kaasalan ng mga Mananampalataya at Pag-uugali Nil.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itala mo sa pisara ang pamagat ng aralin, pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila na ang mga haligi ng Pananampalataya ay anim, na ang kauna-unahan sa mga ito at ang pinakadakila sa mga ito ay ang pananampalataya kay Allāh, at na ito ay ang kinasasalayan ng aralin ngayong araw. Ayon sa liwanag niyon, magtalaga ka sa bawat estudyante sa paglalahad ng mga inaasahan nila tungkol sa mga sangkap na pangsangay na maaaring sumaklaw sa mga ito ang nilalaman ng aralin.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang Numero 1

Maaari sa iyo na magpatulong sa istilo ng mga semantic map. Sa pamamagitan ng display screen, maglahad ka sa mga estudyante ng isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga sangkap at mga kaisipang pangkalahatan na sumasaklaw sa nilalaman ng aralin. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagbibigay ng mga magkakaibang tanong nila tungkol sa naiibigan nilang malaman tungkol sa mga sangkap na iyon. Tipunin mo ang mga tanong nila at itala mo ang naiiba sa mga ito sa pisara upang pag-ukulan mo ng pagtatalakay sa susunod na hakbang.

Hakbang 2

Talakayin mo kasama ng mga estudyante ang mga tanong na ibinigay nila sa pagtatalakay para magbigay-linaw at magpaliwanag ng mga magkakaibang sangkap ng aralin, kasama ng pagproseso ng mga tanong na iyon sa pamamagitan ng pagpapanibago sa pagkabalangkas sa mga ito at pagpapalawak sa mga ito sa pamamagitan ng mga iba pang tanong mula sa pagkakabalangkas mo. Maaari ang magpagabay sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong at pagtatalakay sa mga ito kasama ng mga estudyante. Sa sandali ng pagkasagot sa mga tanong na iyon, magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa mga ayah ng Qur'ān na nakaugnay sa mga sagot sa pamamagitan ng audio medium kasabay ng pagganyak sa kanila sa pagbubulay-bulay sa mga ito at pagsusumikap sa pagpapakahulugan sa mga ito.

PANUTO: Naglalaman ang pananampalataya kay Allāh ng apat na bagay. Ipaliwanag mo ang mga ito:

PANUTO: Ano ang pinakamalakas sa mga patunay sa pananampalataya sa kairalan ni Allāh?

PANUTO: Ipaliwanag mo ang epekto ng pananampalataya sa mga gawain ng Muslim.

PANUTO: Ipaliwanag mo ang epekto ng pananampalataya sa pagsasakatotohanan sa mga pagsamba.

PANUTO: Banggitin mo ang epekto ng pananampalataya sa pagganap sa mga karapatan ng mga tao.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagtatakda ng mga bunga ng pananampalataya kay Allāh. Magpalakas-loob ka sa kanila sa pagbibigay ng higit na malaking bilang ng mga pagtugon. Magtalakay ka ng inilalahad nila sa pamamagitan ng pagtatasa at pagtatama, habang humahantong kasama nila sa mga tumpak na bunga ng pananampalataya. Maisasagawa ang pagbibigay-linaw rito at ang pagpapakahulugan sa nauugnay sa mga ito mula sa mga patunay na pangkapahayagan.

* Ang Paghuhulo

Magpapaulit ang tagapagturo sa mga estudyante ng paglalahad ng semantic map na nag-oorganisa sa mga pangkalahatan at pansangay na sangkap ng aralin. Magtatalaga siya sa bawat estudyante sa pagpili ng isa sa mga sangkap at ng pagbuod sa naintindihan niya at nakuha niya sa nauugnay rito. Ang sinumang nawalang-kakayahan sa eksaktong pag-alam,

magpanuto ka sa kanya sa pagbabasa tungkol sa sangkap sa aklat at pag-uulit ng pagbubuod.

*** Ang mga Aktibidad**

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghuhulo ng mga Epekto ng Pananampalataya kay Allāh at mga Bunga Nito.

Numero ng Layon 2

Maaari sa iyo na magtala ng bawat patunay na pangkapahayagan mula sa mga patunay na nasasaad sa aktibidad sa isang bilang ng mga kard. Mamahagi ka ng mga ito nang pasapalaran sa mga estudyante, pagkatapos magbasa ka ng bawat patunay mula sa mga patunay nang magkakasunud-sunod, kung saan magpapaliwanag naman ang bawat estudyante na may kard, na naglalaman ng patunay na tinakdaan, ng ipinahihiwatig nito na mga epekto ng pananampalataya at mga bunga nito.

Pakaalamin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, kasama ng paghahambing sa mga ito, habang tinatakdaan sa kanila ang mga epekto at ang mga bungang tumpak upang magtala sila ng mga ito sa kalalagyan ng mga ito sa mga aklat nila.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsisigasig sa Pananampalataya kay Allāh at ang Lakas ng Paniniwala.

Numero ng Layon 4

Maaari sa iyo na matalaga sa bawat estudyante sa pagganap sa sumusunod na aktibidad nang nagsosolo.

Mamimili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng pagsagot nila kalakip ng pagkakaloob ng papuri sa mga may namumukod na pagsagot.

Hihilingin mo sa bawat estudyante na magkumpleto ng pagsagot niya ayon sa liwanag ng napag-alaman niya mula sa mga pagsagot ng mga ibang estudyante.

* Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi na magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa aklat niya bilang individuwal.

Ilahad mo ang mga tanong sa mga estudyante. Makipagtalakayan ka sa kanila sa mga ito. Alamin

mo ang sagot nila. Takdaan mo ang gradong nababagay sa bawat tanong.

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagtutumpak sa pagsagot niya, sa kundisyon na ipagkaloob niya sa sarili niya ang gradong nababagay.

Pipili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga kamalian na kinasadlakan nila at ng pamamaraan ng pagtutumpak nila sa mga ito.

Alamin mo ang pinakamataas na mag-aaral sa grado. Magkaloob ka sa kanya ng pagsuportang nababagay.

PANUTO 1: Ang Kairalan ni Allāh - Ang Pagkakaugnay ng Pananampalataya sa Gawa - Ang Pagdalangin Natin kay Allāh sa Pamamagitan ng mga Pangalan Niya.

PANUTO 3:

Hindi nagiging Muslim ang tao hanggang sa sumampalataya ito sa kairalan ni Allāh, pagkapanginoon Niya, pagkadiyos Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Ang pananampalataya ay isang gawaing pampuso na hindi makaiiwas sa pagkakaroon ng epekto nito sa mga bahagi ng katawan.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagpapatupad sa napag-alaman mula sa aralin sa pamamagitan ng:

Pagsusumikap sa pagpapakamananamba kay Allāh sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya at pagpapalakas-loob sa mga kaanib ng pamilya at mga kaibigan doon. Magsusulat ang bawat estudyante ng isang (leaflet) na naglalaman ng ilan sa mga āyah ng Qur'an na nagsasaad ng mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya at ng paglilinao sa pamamaraan ng pagdalangin sa Kanya sa pamamagitan ng mga pangalang iyon. Iyon ay bilang ehemplo ng pagpapanuto at paggabay.

Ang pagpapalakas-loob sa bawat estudyante sa pagpapakahumaling ng puso kay Allāh bilang pagsamba, pag-ibig, pangamba, pag-aasam, pagtitiwala, pananalig, paggawa sa dila na umaalaala kay Allāh at bumibigkas ng Aklat Niya, at paggawa sa mga bahagi ng katawan na gumagawa ng mga pagtalima at umiiwas sa mga masagwang gawa. Iyon ay sa lahat ng mga senaryo ng buhay.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang mga anghel - mataas sa kalagayan - mga pinangalagaan laban sa pagkakasala).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Instructional Board - Kompyuter - Display Screen - Pisara - Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Patunay na Pangkapahayagan na Napaloloob sa Nilalaman ng Aralin).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Salungatan - Ang Pagsasakonseptong Pang-isip - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo (Deductive Method) - Ang mga Mapa ng Pag-iisip "Bubble Map" - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Values) at ang mga Oryentasyon:

* Ang Pagsusumikap sa Pagtalima kay Allāh Bilang Pagtulad sa mga Anghel.

* Ang Paglayo sa Ipinagbawal ni Allāh Bilang Pangamba sa Kanya, Una, Pagkatapos Bilang Pagkahiya sa mga Anghel.

* Ang Pag-iwas sa Kapalaluan at Pagmamayabang ng Gawa.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo: Nang nagsasalita ka sa isang ateista tungkol sa pananampalataya sa mga anghel, tunay na siya ay tumatanggi roon dahil sa katwiran na siya ay hindi nakakikita ng mga iyon. Sa kabila niyon, tunay na siya ay sumasampalataya sa maraming bagay na hindi niya nakikita.

Pagkatapos hilingin mo sa kanila na bumanggit ng isang bagay na pinaniniwalaan ng mga ateista at hindi naman nila nakikita upang ipantugon mo sa kanila. Alamin mo ang mga pagtugon nila at katigan mo ang tumpak sa mga ito. Gumawa ka mula sa mga ito ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng aralin at anumang pumapatungkol dito.

Halimbawa: Naniniwala ang ateista sa grabitasyon at kuryente ngunit hindi naman niya nakita ang dalawang ito. Gayon din, naniniwala siya sa napagpasyahan ng mga siyentipiko na mga katotohanang pang-agham nang hindi nakaalam sa pamamagitan ng sarili niya sa mga patunay ng mga ito sa laboratoryo.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagsasakonseptong pang-isip, maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagpikit ng mga mata nila sa loob ng dalawang minuto at magsubaybay sa

paglalarawan mo ng mga anghel at ng ninanais sa kanila. Sa sandaling iyon, makikinig sila sa mga patunay na pangkapahayagang nauugnay sa paglalarawan sa mga anghel sa pamamagitan ng audio medium kasama ng pagpapakahulugan sa mga ito at pagpapaliwanag sa mga ito sa kanila. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para maglinaw na naisasadamdamin nilang dalawa sa kapangyarihan ni Allāh at kadakilaan ng mga anghel. Magpapahayag silang dalawa niyon sa pamamagitan ng istilo nilang dalawa.

Hakbang 2

Maaari sa iyo ang magpanuto sa mga estudyante sa pakikinig sa sumusunod na āyah at ḥadīth. Makipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa paghuhulo sa patakaran ng pananampalataya sa mga anghel ayon sa liwanag ng pagkaintindi sa dalawang ito na mga teksto ng Qur'ān at Ḥadīth.

Nagsabi si Allāh:

(أَمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ
وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ)

{Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa]

ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] “Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya.”} (Qur'ān 2:285)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang tinanong siya tungkol sa pananampalataya: **"Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga Sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa masama nito at mabuti nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 102.)

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga mapa ng pag-iisip, at tiyakan ng bubble map, para maglahad ng mga gawain ng mga anghel sa mga estudyante, yayamang maisasagawa sa pamamagitan ng display screen ang gawain ng concentric circle. Ang paligid ng concentric circle na ito ay may isang bilang ng mga bilog na naglalahad ng mga gawain ng mga anghel at lumalakip sa bawat gawain ang patunay na pangkapahayagang nauugnay rito. Naisasagawa ang pagpapakahulugan sa mga gawain at mga patunay na iyon at ang paglilinaw sa mga ito sa mga estudyante kasama ng pagbibigay ng

pagkakataon sa kanila para mag-usisa hinggil sa iibigin nilang mapag-alaman.

Hakbang 4

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, humiling ka sa mga estudyante na magtakda ng mga epekto ng pananampalataya sa mga anghel at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga pagsagot nila, habang nagpapahantong kasama sa kanila sa tumpak na sagot. Hilingin mo sa kanila ang magsubaybay sa kung ano ang naitala sa mga aklat nila hinggil sa nauugnay sa mga epektong iyon at ang maghambing sa mga ito ayon sa inilahad nila.

* Ang Paghuhulo

Maaari sa iyo na magpanuto sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagbanggit ng tatlo sa mga aspeto ng pagpapahinuha at mga pagpapanuto na nahantong nila sa aralin. Pakaalamin mo ang mga pagtugon ng bawat pangkat, habang nagkokomentaryo sa mga ito at habang nagpapaliwanag sa saklaw ng pagkakawangisan at pagkakaibahan sa inilalahad nila.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Pampares, Pagpapaliwanag sa mga Gawain ng mga Anghel.

Numero ng Layon 4

Maaari sa iyo na pumili ng isa sa mga estudyante para magbasa ng āyah na nasasaad sa aktibidad sa mga kaklase niya, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito, pagkatapos magtatala ang bawat estudyante ng gawain ng mga anghel alinsunod sa napag-alaman niya mula sa marangal na āyah.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pakikilahok sa pagtugon niya kasama ng isang kaklase niya, upang magtasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa inilahad ng iba. Magsubaybay ka sa mga pagganap ng mga estudyante, kasama ng pagpapanuto sa kanila sa tumpak na pagsagot.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasadamdamin ng Pagbibigay-halaga sa mga Mararangal na Anghel Para sa Estudyante ng Kaalamang Islāmiko.

Numero ng Layon 4

Maaari sa iyo na maghati-hati ng mga estudyante sa mga grupo. Magpanuto ka sa bawat grupo sa paglalahukan sa pakikipagtalakayan sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad, sa

kundisyon na magtala ang bawat grupo ng pagsagot nito sa isang panlabas na kard.

Matapos ng pagtipon ng mga sagot ng mga grupo at pagtatasa sa mga ito, magtakda ka ng grupong higit sa kakayahan sa pagbalangkas ng damdamin ng mga kaanib nito sa paraang nagpapahayag, mahusay, at epektibo hinggil sa nauugnay sa pagbibigay-halaga sa mga anghel para sa estudyante ng kaalamang Islāmiko at pumili ka ng isa sa mga kaanib nito para magbasa sa mga kaklase niya ng anumang nagawang maisulat.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Pampares, Pagpapaliwanag sa Kinakailangan Tungo sa mga Anghel.

Numero ng Layon 6

Maaari sa iyo na pumili ng isa sa mga estudyante para magbasa ng ḥadīth na nasasaad sa ikatlong aktibidad sa mga kaklase niya, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito, pagkatapos magtatala ang bawat estudyante ng panggawaing tungkulin niya tungo sa mga anghel alinsunod sa napag-alaman niya mula sa ḥadīth.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pakikilahok sa pagtugon niya kasama ng isang kaklase niya, upang magtasa ang bawat isa sa

kanilang dalawa sa inilahad ng iba. Magsubaybay ka sa mga pagganap ng mga estudyante, kasama ng pagpapanuto sa kanila sa tumpak na pagsagot.

Ang pagwaksi sa pagkain ng sibuyas, bawang, puero (leek), at bawat may masagwang amoy sa pagpasok sa masjid nang sa gayon hindi makaperhuwisyong sa mga anghel.

*** Ang Pagtatasa (Assessment)**

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi na maglahad ka ng unang tanong at ikalawang tanong sa mga estudyante. Pumili ka ng ilan sa kanila para tumugon sa dalawang ito, sa kundisyon na magtatasa sa kanila ang mga kaklase nila at magtutumpak sa anumang kinasadlakan nila rito na mga kamalian.

PANUTO 1: - - -.

Maaari sa iyo na magpanuto sa bawat estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong nang nagsosolo. Pumili ka ng isa sa kanila para magbasa ng pagsagot niya sa mga kaklase niya, kasama ng pagtatasa sa kanila at paglilinaw sa saklaw ng pagkakasang-ayon nila rito.

*** Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:**

Magsasagawa ng tagapagturo ng pagganyak sa mga estudyante sa pagpapatupad ng mga panuto at mga aspeto ng pagpapahinuha na napag-alaman nila mula sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila, lalo na sa nauugnay sa mga pagsusumikap sa pagtalima kay Allāh, paggaya sa mga anghel, at pag-iwas sa kapalaluan at pagmamayabang sa gawa.

Gayon din ang pagsusumikap sa paglayo sa ipinagbawal ni Allāh dala ng pangamba sa Kanya at pagkahiya sa mga anghel na hindi humihiwalay sa mga tao, kasabay ng pagtutulak sa mga estudyante sa pagsusumikap sa pagpapakilala sa mga individuwal na nakapaligid sa kanila ng mga panutong iyon bilang pagpupunyagi sa paggawa ng mga ito at pagpapatupad sa mga ito.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at mga Epekto Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Kalatas ni Abraham - Ang Salmo - Ang Pagpapatotoo - Nangalaga sa Kanila si Allāh - Kasalanan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Instructional Board - Ang Pisara - mga Kard na Pampagtuturo - Ang Muṣḥaf).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advanced Organizer - Ang mga Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pag-ibig sa mga Sugo (Sumakanila ang Basbas at ang Pangangalaga), ang Pagdakila sa Kanila, at ang Pagbubunyi sa Kanila.

* Ang Pagsasaasal ng mga Kaasalan ng mga Propeta (Sumakanila ang Pangangalaga), ang Pagpapakawangis sa mga Katangian Nila, at ang Paggaya sa Kanila.

* Ang Pagsasadamdamin ng Biyaya ng Pagpapababa ng mga Kasulatan at Pagsusugo sa mga Sugo.

* Ang Pagtulad sa mga Katangian ng mga Propeta (Sumakanila ang Pangangalaga) at mga Gawain Nila.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa sumusunod na āyah sa pamamagitan ng audio medium. Nagsabi si Allāh:

(نَزَّلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ)

{Nagbaba Siya sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito,} (Qur'ān 3:3)

Pagkatapos magtatanong siya sa kanila tungkol sa kung sa kanino ibinaba ang Torah at ang Ebanghelyo. Pagkatapos magpapaliwanag siya sa kanila na ang pananampalataya sa mga kasulatan at ang pananampalataya sa mga sugo ay dalawang pangunahing haligi mula sa mga haligi ng Pananampalataya. Hindi natutumpak ang pagkaanib sa Islām malibang sa pamamagitan ng dalawang ito.

Pagkatapos maglalahad siya kaugnay sa dalawang ito ng dalawang tanong: Papaano tayong magsasakatotohanan ng pananampalataya sa dalawang ito at ano ang mga epekto niyon?

Magpapanuto siya sa kanila sa pagpapaantala ng pagsagot sa dalawang tanong na ito hanggang sa sandali ng pagwawakas ng pagbibigay-linaw sa aralin.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsasagawa ng pagbuklat ng nilalaman ng aralin at pagpulot ng mga sangkap na

pangkalahatan at pangsangay sa isang mabilis na anyo. Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa kanila sa pagtutulongan sa pagbibigay ng mga tanong na maaaring maugnay sa mga sangkap ng aralin at mga ideya nito, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito liliwanag ang mga malabo rito. Maaari na magsanhi ka sa kanila na magpagabay sa mga layong pampamamalakad na nasasaad sa mga aklat nila para magbigay ng mga tanong na iyon. Pakaalamin mo ang mga tanong ng bawat pangkat at itala mo ang mga ito sa pisara.

Hakbang 2

Matapos mag-eksakto ng pagbalangkas ng mga tanong na ibibigay ng mga mag-aaral, tatalakayin ang mga ito ng tagapagturo nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan, sa kundisyon na pagyamanin niya ang mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan para sa pagkumpleto ng kulang sa inilahad ng mga mag-aaral. Sa sandali ng paglalahad ng mga tanong, maaari sa tagapagturo ang magpakilala sa mga estudyante ng mga patunay na pangkapahayagang nauugnay sa ilan sa mga pagsagot para sa pagpapakahulugan sa mga ito at pagtatakda sa iginagabay ng mga ito. Maaaring maging kabilang sa mga tanong na ilalahad ang sumusunod:

PANUTO: Ano ang kahulugan ng pananampalataya sa mga kasulatan?

PANUTO: Kinakailangan ba ang pananampalataya sa lahat ng pinababa ni Allah na mga kasulatan?

PANUTO: Ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakadakila sa mga kasulatan ni Allāh at ang pangwakas sa mga ito. Magbigay-patunay ka roon.

PANUTO: Ano ang pinapakay ng pananampalataya sa mga sugo?

PANUTO: Kinakailangan pa ang pananampalataya, bilang pagbubuod, sa lahat ng mga propeta kahit pa man hindi tayo nakaaalam sa mga pangalan nila o bilang nila?

PANUTO: Ano ang bilang ng mga propetang nababanggit sa Marangal na Qur'ān?

Hakbang 3

Maaari sa iyo ang mag-employo ng istilo ng pagkatutong kooperatibo at ang magtalaga sa bawat pangkat sa pagtutulungan para sa paghantong sa higit na malaking bilang ng mga epektong inireresulta ng pananampalataya sa mga kasulatan at mga sugo. Magsagawa ka ng pagdaan sa bawat grupo upang mapaglinawan mo ang pagtutulungan nila at ang pagsagot nila.

* Ang Paghuhulo

Magrerepaso ang mga mag-aaral ng dalawang tanong na naisagawa ang paglalahad ng dalawang

ito sa sandali ng pagpapasimula para sa aralin, sa kundisyon na sasagot ang bawat estudyante sa dalawang ito nang nagsosolo. Pumili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila kasama ng pagtatasa sa mga ito, habang nagtatakda sa saklaw ng kakayahan nila sa paghuhulo ng mga aspeto ng pagpapahinuha at pagpapatupad sa naisagawa ang pag-alam mula sa aralin.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Pampares, Pagtatakda ng mga Pangalan ng mga Propeta na Nasaad ang Pagbanggit sa Kanila sa Marangal na Qur'ān.

Numero ng Layon 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa paglalabas ng Muṣḥaf niya, magbukas nito sa Sūrah Al-An`ām (Qur'ān 6), at magbasa ng mga āyah mula sa āyah 83 hanggang sa āyah 86 na bumanggit sa mga pangalan ng 18 propeta kabilang sa mga propeta. Subaybayan mo ang mga estudyante para malaman mo ang saklaw ng kakayahan nila sa paghantong sa pagtatakda sa mga tumpak na pangalan. Pagkatapos pumili ka ng

isa sa kanila para maglahad ng mga ito sa mga kaklase niya.

Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagsulat ng mga pangalan ng huling pito sa mga propeta na nasaad ang pagbanggit sa kanila sa Marangal na Qur'ān. Pagkatapos magtala ka sa pisara ng mga pangalang iyon, kung saan bibigyan ang bawat pangkat mismo ng isang grado para sa tumpak na pangalan na nahantong nito habang nagbibigay sa kanila ng pagsuportang nababagay.

Sina Adan, Enoc, Hūd, Shu`ayb, Šālih, Dhulkifl, at Muḥammad – sumakanila ang basbas at ang pangangalaga.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Panggrupo, Paggaya sa mga Katangian ng mga Propeta at mga Gawain Nila.

Numero ng Layon 5

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagbabasa ng sumusunod na aktibidad nang maigi at mamili ng isang bilang ng mga estudyante nang pasapalaran para sa pagkumpleto ng inilakip na talahanayan.

Maghambing ka sa pagitan ng mga pagsagot ng mga estudyante para magtakda sa pinakaeksakto sa mga ito at magpanuto ka sa kanila sa pagtatala

ng mga ito sa kalalagyan ng mga ito sa mga aklat nila.

*** Ang Pagtatasa (Assessment)**

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo, kung saan magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa mga aklat nila, kung saan sasagot ang bawat individuwal sa isa sa mga tanong at magsusubaybay siya sa mga kaklase.

Magsagawa ka ng pagdaan sa mga grupo para magsubaybay sa saklaw ng pagtutulungan nila at kaseryosohan nila sa pagsagot at pagtatasa.

Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at tasahin mo ang mga ito. Pakaalaman mo ang mga kamalian na kinasadlakan nila para ilahad ang mga ito sa kanila, kasama ng paglilinaw sa pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Takdaan mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ipagkaloob mo ang pagsuportang nababagay sa mga kaanib nito.

PANUTO 1: - - -.

PANUTO 2: Piliin mo ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

(Talino ng Isip) - (Noe at Jesus) - (Job - sumakanila ang pangangalaga) - (Iningatan Laban sa Pagpilipit).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magbibigay-sigla ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila mula sa aralin na mga katuturan at mga panuto, lalo na sa nauugnay sa pagdakila sa mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga), papuri sa kanila, paggaya sa kanila, at pagsasaasal ng mga kaasalan nila at mga katangian nila sa buhay nila at mga pakikitungo nila.

Ang pagsisiglas sa pagpapakilala sa mga nakapaligid sa kanila ng mga kaasalan at mga katangiang iyon. Maaaring maisagawa iyon sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga ayah ng Qur'ān na nagpapahiwatig sa mga kaasalan at mga katangiang iyon sa mga social media sa mga lathalaing pinaiksi at nakatatawag-pansin.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Huling Araw - Ang Pagsubok sa Libingan - Ang Pagbuhay - Ang Pagkalap - Ang Landasin).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium na Nakarekord Dito ang Ilan sa mga Ayah ng Qur'ān na Napaloloob sa Aralin - Ang Pisara - Instructional Board - Ang Muṣḥaf).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Prognosis - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang mga Semantic Map - Ang Introduksiyong Pakuwento - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagsasadamdamin ng Kahalagahan ng Pananampalataya sa Huling Araw.

* Ang Pagpupunyagi sa Pagtamo ng Paraiso at Kaligtasan mula sa Impiyerno.

* Ang Pagkadagdag ng Pagkaibig sa Paggawa ng mga Pagtalima Para sa Pagkamit ng Gantimpala ng Kabilang-buhay.

* Ang Kakauntian ng Katakawan sa Natatamasa sa Mundo Dahil sa Hinahangad Natin na Kaginghawahan sa Kabilang-buhay at Gantimpala Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na parirala at hilingin mo sa kanila ang magbulay-bulay rito. Asahan mo ang maaaring talakayin ng aralin ayon sa liwanag ng pagkaintindi nila rito. Pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila ang pamagat ng aralin at itala mo ito sa pisara.

(Ang buhay natin sa Mundo ay tulad ng isang lupaing nagsasagawa tayo ng pagsasaka rito. Ang sinumang nagsaka ng kabutihan sa Mundo, aani siya ng kabutihan sa Kabilang-buhay; at ang sinumang nagsaka ng kasamaan, aani siya ng kasamaan. Ang ganti sa Kabilang-buhay ay maaaring ang Paraiso at maaaring ang Impiyerno.)

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Maaaring magtala ka sa pisara ng mga sumusunod na pangalan ng Huling Araw: ang Araw ng Pagbangon (ng mga Patay), ang Araw ng Pagpapasya, ang Araw ng Pagtutumbas, Ang

Dagok ... at ang iba pa sa mga ito. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng ipinahahayag mo. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala ng kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw.

Hakbang 2

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang pormang pampagtuturo para sa mga yugto ng Huling Araw. Pagkatapos magrepaso ka sa bawat yugto mula sa mga ito sa isang pormang pakuwentong mapang-akit, habang nagsasaalang-alang sa mga kahusayan ng pagganap na pangkuwento sa punto ng kaayusang pantinig, pang-istilo, pangkaisipan, at pangkapakanan.

Sa sandali ng paglalahad, maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pakikinig sa mga tekstong pangkapahayagang nauugnay sa mga yugtong iyon at nagbibigay-patunay sa mga iyon. Naisasagawa ang pagtatalakay ng mga ito sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapakahulugan.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa estratehiya ng brainstorming, maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa paghantong sa mga epekto ng pananampalataya sa Huling Araw, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa

pagbanggit ng pinakamalaking bilang ng mga epekto. Maisasagawa ang pagtalakay sa inilalahad nila sa pamamagitan ng pagtatasa para humantong sa mga tumpak na epekto, pagkatapos maisasagawa ang paglalahad ng isang poster ng mga ito upang makaalam sa mga ito ang mga mag-aaral sa isang binuod na anyo.

* Ang Paghuhulo

Magpanuto ka sa bawat estudyante para magtala ng isang parapong nagpapaliwanag rito ng nahinuha mula sa aralin at isang pamamaraan ng pagpapatupad ng natutuhan. Pumili ka ng ilan sa mga estudyante para magbasa sa mga kaklase nila ng itinala nila, kasama ng pagbibigay ng feedback na nababagay para sa kanila.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagtatakda sa mga Pangalan ng Huling Araw.

Numero ng Layon 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad, kung saan maglalabas ang mga estudyante ng mga Musḥaf nila at magbubukas sila ng mga ito sa

Sūrah Al-Qāri`ah (Qur`ān 101), pagkatapos magbabasa sila nito at makikilahok sila sa pagkumpleto sa talahanayang nasasaad sa aktibidad.

Ilahad mo ang bawat sangkap mula sa mga sangkap ng talahanayan nang magkakasunod-sunod. Pakaalamin mo ang pagsagot ng bawat grupo tungkol doon, kung saan bibigyan ang mga kaanib nito ng gradong nababagay. Sa pagwawakas, itakda mo ang pinakamataas na grupo sa grado. Magkaloob ka sa mga kaanib nito ng pagsuportang nababagay. Italaga mo ang isa sa mga kaanib nito sa pagbasa sa mga kaklase niya ng hinantungan ng grupo niya.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasadamdamin ng Epekto ng Pananampalataya sa Huling Araw.

Numero ng Layon 3

Maaari sa iyo ang pumili ng isa sa mga estudyante para basahin sa mga kaklase niya ang kuwentong nasasaad sa ikalawang aktibidad. Sa gitna ng mga pakikipagtalakayang panggrupo, hilingin mo sa kanila na maglagay ng isang pamagat para sa kuwento at maghango ng epekto ng pananampalataya sa Huling Araw. Pakaalamin mo ang mga sagot ng mga estudyante, habang tinatakdaan kasama nila ang tumpak na sagot

upang magtala sila nito sa kalalagyan nito sa mga aklat nila.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa mga Patunay sa Pagbuhay at Araw ng Pagbangon.

Numero ng Layon 2

Hihiling ang tagapagturo sa mga estudyante na magbukas ng aklat ayon sa sumusunod na aktibidad.

Mamimili siya ng isa sa kanila para magbasa nito sa mga kaklase.

Magpanuto ka sa bawat isa sa kanila sa pagtugon sa kasunod nito na mga tanong at mga pagtatalaga.

Pakaalaman mo ang pagsagot ng mga estudyante rito at pagtatasa rito upang magtama ka sa bawat nagkakamali ng kamalian nito.

* Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Mamamahagi ang tagapagturo sa mga estudyante ng ilang kard, kung saan naglalaman ang kalahati ng mga ito ng isang palatandaan at ang ibang kalahati ng isa pang palatandaan. Pagkatapos maglalahad siya ng mga pahayag na

nasasaad sa unang tanong nang magkakasunud-sunod, kung saan iaangat ng mga mag-aaral ang kard na nababagay sa pahayag. Pakaaalamín ng tagapagturo ang nagkamali sa mga estudyante para makipagtalakayan dito kaugnay sa kamalian nito.

PANUTO 1: - - -.

Pipili ang tagapagturo ng apat mula sa mga estudyante upang tumugon ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap na nasasaad sa ikalawang tanong. Sa kaso ng pagkakamali ng alinman sa kanila, magpapanuto siya rito sa pagrepaso sa nilalaman ng aralin at paghango ng tugon sa pamamagitan ng sarili nito.

1. Ang libingan ay: ang una sa mga yugto ng Kabilang-buhay.

2. Ang landasin (sirāt) ay: isang tulay na itinukod sa ibabaw ng Impiyerno.

3. Ang pagkalap ay: ang pagtipon sa mga tao para sa pagtutuos.

4. Ang pagbuhay ay: ang pagbibigay-buhay sa mga patay mula sa mga libingan nila.

Sasagot ang bawat estudyante sa ikatlong tanong nang nagsosolo. Pipili ang tagapagturo ng dalawa mula sa mga estudyante para maglahad ng sagot nilang dalawa kasama ng paghahambing sa

pagitan nilang dalawa at pagtatakda sa pinakatumpak sa kanilang dalawa sa sagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagganap ng bawat magsasanhi sa individuwal na magkamit ng Paraiso at maligtas mula sa Impiyerno at ang paggawa sa pagganyak sa sarili at mga ibang tao para sa paggawa ng mga pagtalima at paglayo sa mga pagsuway. Ang mga ito ay ang mga bunga ng pananampalataya sa Huling Araw na kinakailangan na magkamit nito ang Muslim at magpunyagi siya sa pagpapatupad nito sa buhay niya at mga pakikitungo niya.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at mga Epekto Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Pananampalataya sa Pagtatakda - Ang Kalooban - Ang Pagkainis).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo: (Ang Pisara - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Mapa ng Pag-iisip - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Tatsulok ng Pagkatuto - Ang Pag-uusisa).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang pagkalugod sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya, ang pagtitiis, at ang pagwaksi sa pagkainis at pagkabagabag.

Ang pagsasadamdamin ng kahalagahan ng pananampalataya sa pagtatakda sa buhay ng Muslim.

Ang paglalakas-loob nang may katatagan sa mabibigat sa mga bagay at ang paggawa nang may sigla sa nagpapalugod kay Allāh sa kanila.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpaliwanag ka sa mga estudyante na tayo ay nasa huling haligi ng mga haligi ng Pananampalataya. Hilingin mo sa kanila na magsaalaala ng nalalabi sa mga haligi at magsulat ng mga ito sa pormang nakalahad sa mga aklat nila. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para magpag-alaman ang itinala nila at magtasa rito.

Hilingin mo sa mga estudyante ang mag-isip ng inaasahang pamagat ng aralin ng araw. Pakaalamin mo ang mga pagtugon nila at itala mo sa pisara ang nagkakaiba-iba mula sa mga ito. Tumawag-pansin ka sa kanila para sa pagpapaantala ng pagtatasa sa inilahad nila sa matapos ng pagwawakas ng pagbibigay-linaw sa aralin.

*** Ang Paglalahad ng Aralin:**

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pamamaraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, nagbibigay-kakayahan sa tagapagturo na maglahad siya sa mga estudyante ng sumusunod na pangungusap at ng paglilinaw ng anumang naging madali sa kanya at gumawa siya mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda.

(Ang tiyakang pagpapatotoo na ang bawat nagaganap sa Sansinukob na kabutihan o kasamaan ay kabilang sa nalaman ni Allāh, isinulat Niya, at ninais Niya).

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga mapa ng pag-iisip, maaaring maglahad ka sa mga estudyante sa pamamagitan nito ng mga

antas ng pananampalataya sa pagtatakda. Pumili ka ng apat mula sa mga estudyante, kung saan magbabasa ang bawat isa sa kanila ng isa sa mga antas, ng tinutukoy nito, at ng patunay na pangkapahayagan dito. Makipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa mga patunay na iyon para magpakahulugan sa mga ito at makaalam sa kahulugan ng mga ito.

Hakbang 3

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng dalawang sumusunod na senaryo. Hihiling siya sa kanila na maglinaw ng opinyon nila sa dalawang ito. Gagawa siya mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng kaugnayan sa pagitan ng pananampalataya sa pagtatakda at paggamit ng mga kadahilanan. Maglalahad siya sa kanila sa isang pormang pakuwento ng mga ehemplo mula sa mga talambuhay ng mga propeta at mga maayos na tao, bibigyang-linaw mo iyon at ipaliliwanag mo iyon.

May isang lalaki na may ilang anak at nagtatamad-tamara sa pagtatrabaho dahil siya ay naniniwala na si Allāh ay magtutustos sa mga anak niya, kahit pa man walang pagpupunyagi mula sa kanya.

May isang babae na tumatangging magpunta sa manggagamot at magpagamot dahil si Allāh ay

ang Tagapagpagaling at magtutustos sa kanya ng kagalingan nang walang manggagamot.

Hakbang 4

Maaari sa tagapagturo na magpatulong sa estratehiya ng tatsulok ng pakikinig, kung saan maghahati-hati siya sa mga estudyante sa mga grupo, na ang bawat grupo ay binubuo ng tatlo. Magsasagawa ang unang mag-aaral ng paglalahad ng nalaman niya tungkol sa mga epekto ng pananampalataya sa pagtatakda samantalang ang ikalawang estudyante ay makikinig nang maigi at maglalahad sa kanya ng mga tanong na magsasanhi sa kanya na maglahad ng mga detalyeng higit na marami tungkol sa mga epektong iyon. Hinggil naman sa ikatlong estudyante, magmamasid siya sa dalawang kaklase niya at magsusulat ng nagaganap sa kanilang dalawa para maghain nito sa tagapagturo.

Magsusubaybay ang tagapagturo sa mga pagganap ng mga grupo. Pakaaalam niya ang naisagawang pagtatala sa bawat grupo at ang pagsagot na nahantungan, habang nagkokomentaryo sa lahat at humahantong kasama nila sa pagwawakas sa pinakaeksakto sa mga sagot, kalakip ng pagtatakda ng pinakamainam sa mga grupo sa gawa.

* Ang Paghuhulo

Pipili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante, kung saan tatalakayin ng bawat isa sa kanila ang mga sangkap na nauugnay sa pagbibigay-linaw sa pamamagitan ng natatanging istilo niya at alinsunod sa naintindihan niya mula sa aralin. Ang mga sangkap na iyon ay: ang kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda - ang mga antas ng pananampalataya sa pagtatakda - ang pananampalataya sa pagtatakda at ang paggamit sa mga kadahilanan- ang mga epekto ng pananampalataya sa pagtatakda. Magsusubaybay siya sa nalalabi sa mga kaklase niya sa mga pagsagot nila at magkokomentaryo naman sila rito para pagyamanin ito.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghimok sa Pagkalugod sa Pagtatadhana ni Allāh at Pagtatakda Niya.

Numero ng Layon 4, 5

Humiling ka sa bawat estudyante na magpanuto siya ng isang payo sa isang kaibigan niya na nagsumikap upang magtamo ng isang premyong anuman, ngunit nagdaan ang mga araw at sa kabila ng pagsusumikap nito ay hindi ito

nagtamo ng premyong iyon kaya nalungkot ito dahil doon nang isang matinding pagkalungkot.

Sa kundisyon na isulat niya ang payo alinsunod sa napag-alaman niya mula sa aralin, pakaalamin mo ang mga payo ng mga estudyante at takdaan mo ang pinakamainam sa mga ito sa pagkakabalangkas, kaisipan, at pag-epekto. Magsagawa ka ng pagsulat ng isang polyeto (leaflet) para paglamanin ng pinakamainam sa mga payo sa mga ito, kasama ng pagbanggit sa mga tagapagbigay ng mga ito. Isasagawa ang pag-iingat sa mga ito sa aklat ng silid-aralan.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagbibigay-patunay sa Pagkalugod ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pagtatakda ni Allāh.

Numero ng Layon 2, 3

Pumili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa ng tekstong nasasaad sa aktibidad at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito. Sa pamamagitan ng pag-uusisang panggrupo, magpanuto ka sa bawat grupo sa pagsaliksik sa dalawang tanong ng aktibidad. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiya ng kaalamang nagkakaiba-iba, maging elektroniko man o pampapel o pantao. Pakaalamin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, habang nagbibigay ng pagbubunyi sa

pinakamainam na grupo sa pagsusumikap at sa pagganap.

*** Ang Pagtatasa (Assessment)**

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa mga sumusunod na tanong, magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagtugon sa mga ito nang nakabukod, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa mga pagsagot, kung saan magbibigay ang bawat estudyante sa sarili niya ng iisang grado para sa tumpak na pagsagot. Alamin mo ang mga grado ng mga estudyante, habang naghahambing sa pagitan nila.

PANUTO 1: Mga Haligi - Ang Kabutihan at ang Kasamaan - Hindi Nagsasalungatan Kasama ng Paggamit ng mga Kadahilanan

*** Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:**

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pakikipagharap sa mga taong nasusumpungan nila sa buhay nila at sa mga taong nag-uugali ng mga negatibong pag-uugali na

nakikipagsalungatan sa pananampalataya sa pagtatakda at pagkalugod dito, tulad ng: pagkainggit, pagkamuhi, pagtatamad-tamara, pagkainis, at pagkabagabag. Iyon ay sa pamamagitan ng pagtatangka ng pagpapakilala sa kanila sa isang paraang pang-edukasyon ng mga impormasyon, mga kaalaman, mga panuto, at mga paggabay na nagawang mapag-alaman mula sa aralin; o sa pamamagitan ng pagdulog sa isang imām ng masjid upang magbigay sa kanila ng mga payo at mga panuto sa mga umpukan at mga araling panrelihiyon.

Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

Ang Unang Aralin: Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Pinakamahalaga sa mga Katangian Niya

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang Sugo - ang himala - Taon ng Elepante - katamtaman ang tikas - malapad ang dibdib - malaki ang mga balikat - makapal ang balbas).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Semantic Map - Ang Istilong Pakuwento - Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Brainstorming - Ang Paglunas ng mga Suliranin).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Paniniwala sa Pangangailangan ng Sangkatauhan sa mga Sugo.

* Ang Pagtataglay ng Pagtitiis sa Landas ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

* Ang Pagtataglay ng mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pamamagitan ng mga Pangyayari sa Kanya.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kagandahan ng Kaasalan sa Pagtanggap ng Paanyaya.

Ang Pagsisigasig sa Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilong pakuwento, ipaliwanag mo sa mga estudyante ang Kuwento ng Elepante at ang pinakamahalaga sa mga pangyayari sa taon na iyon, habang

nagsasaalang-alang sa mga kasanayan sa pagtatanghal ng kuwento sa punto ng tinig, wika, at istilo; pagkatapos mamili ka ng isa sa kanila upang umulit ng pagtatanghal nito sa mga kaklase niya para magpakatiyak sa pagkaunawa nila rito; pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Ang pagpapatulong sa mga semantic map. Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng pagpapakilala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at sa pinakamahalaga sa mga katangian niya at hihiling siya sa kanila na magbulay-bulay sa mga ito.

Umaasa ang bawat estudyante sa anumang maaaring nilalaman ng poster na iyon na kaalaman at mga kahulugan.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante kaugnay sa mga inaasahan nila at mga prognosis nila.

Hakbang Numero 2

Tatalakay ang tagapagturo kasama ng mga estudyante ng pagpapakilala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Magsasagawa siya ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag doon, pagbibigay-patunay roon, at pagbibigay-linaw sa mga ḥadīth na kumakatig doon.

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa istilo ng brainstorming. Magbibigay siya sa kanila ng mga sumusunod na tanong para magpaliwanag at magpakilala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

PANUTO: Ano ang pinakamahalaga sa mga pangalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?

PANUTO: Kailan ipinanganak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)? Saan siya lumaki? Kailan siya pinapanaw?

PANUTO: Banggitin mo ang pangalan ng ilan sa mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga anak niya.

PANUTO: Magsalita ka tungkol sa mga katangian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang humango ng patunay roon.

Hakbang Numero 3

Sa pamamagitan ng istilo ng paglutas ng mga suliranin, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng mga sumusunod na senaryo:

Hihiling siya sa kanila na maghayag ng opinyon rito at pamamaraan ng paglunas dito at pakikitungo rito.

Ang pag-uugnay ng bawat senaryo sa mga katangiang pangkaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na naisagawa ang pagtukoy rito sa pamamagitan ng aralin:

May dumating na isang namamalimos sa kaibigan kong si Aḥmad, na nanghihingi ng isang pangangailangan ngunit tinanggihan niya ito at halos maghayag siya nito.

Namatay ang ama ni Khālīd kaya nalungkot siya nang matindi hanggang sa nawala ang liwanag sa paningin dahil sa pagkalungkot.

May nangyaring pagtatalo sa pagitan ng magkaklase hinggil sa isang usaping pamfiqh. Noong tumindi ang pagtatalo, nanuntok ang isa sa kanilang dalawa.

Nakapatay si Aḥmad ng isang matandang lalaki sa isang aksidente ng kotse kaya nagpumilit ang mga anak ng namatay na patayin si Aḥmad sa mismong parehong paraan.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Gamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo. Hilingin mo sa mga estudyante ang paglahok nila para sa paghango ng mga konklusyong namutawi sa aralin sa pamamagitan

ng pagpapagabay sa pagkumpleto sa mga sumusunod na sangkap:

Ipinadala ni Allāh ang mga propeta sa mga tao upang magpalabas sila sa mga ito mula sa

Hindi nagpadala si Allāh ng isang propeta malibang naghanda Siya rito ng isang natatanging paghahanda at umalalay Siya rito ng

Ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay si Muḥammad bin `Abdillāh

Ipinanganak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa araw ng, Taon ng Elepante sa

Ang Taon ng Elepante ay ang taon na iyon na

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa pinakamarikit sa mga tao sa porma at anyo. Siya ay maputi ang kulay,, palangiti sa harap ng mga tao, katamtaman, malaki, makapal ang balbas

Kabilang sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Pangalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at mga Kahulugan ng mga Ito.

Numero ng Layon 1

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa isang papel na panlabas.

Tipunin mo ang mga sagot, itumpak mo ang mga ito, gantimpalaan mo ang sinumang tumama.

Aktibidad 1:

Ang	Pangalan	Ang	Kadahilanan	ng
Pagpapangalan				

Muḥammad Dahil sa pagpuri sa kanya ng mga una at mga huli at iyon ay dahil sa mga kaaya-ayang katangian niya.

Aḥmad Dahil siya ay umabot sa pinakamataas sa mga antas ng mga kainaman at dahil siya ay ang pinakakapuri-puri sa mga tagapuri.

Ang Propeta ng Pagbabalik-loob Dahil siya ay madalas magbalik-loob kay Allāh.

Al-`Āqib (Ang Tagatapos) Dumating siya pagkatapos ng mga propeta. Siya ay ang kahulihulihan sa kanila sapagkat walang propeta matapos niya.

Ang Propeta ng Awa Dahil si Allāh ay nagsugo sa kanya bilang awa para sa mga nilalang.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghuhulo sa mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Numero ng Layon 4, 5

Mamimili ang tagapagturo ng apat mula sa mga estudyante.

Magbabasa ang bawat estudyante na isa sa mga tekstong nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng kompyuter.

Hihiling siya sa bawat isa sa kanila na maghulo ng isang kaasalan mula sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mahihinuha mula sa tekstong ito.

Mamimili siya ng limang iba pa para magtasa (assess) sa pagsagot ng mga kaklase nila.

Ang mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Pagkahabag at ang Pagkaawa

Ang Kabaitan at ang Kabanayaran

Ang Kagalantehan at ang Pagkamapagbigay

Ang Katapangan

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, magbibigay ang tagapagturo ng mga pariralang napaloloob dito nang magkakasunud-sunod at mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para sa pagsagot sa bawat parirala, para makaalam sa katumpakan nito o kamalian nito.

PANUTO 1: - - -

Para sa pagsagot sa ikalawang tanong at ikatlong tanong, hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante ang pagsagot sa dalawang ito nang nagsosolo at ang pagtatala ng pagsagot sa mga aklat nila.

Magsasagawa siya ng pagdaan sa kanila para magsubaybay sa pagganap nila at mamimili siya ng isa sa kanila mula sa mga sumagot nang pagsagot na pang-ehemplo para magbasa ng pagsagot nito sa mga kaklase nito.

PANUTO 2: (571) - (Al-`Āqib) - (63 Taon)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa pagsaliksik sa mga marangal na iba pang ḥadīth na naglililinaw sa karangalan ng kaangkanan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na iba pa sa nabanggit sa aralin, at ang pagtatangka sa pagtulad sa mga ito sa buhay nila.

Ang pag-alam nang higit na malalim at higit na malawak sa mga kaasalan at mga katangiang pangkaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat o mga alagad ng relihiyon o mga reperensiyang elektroniko; ang pagsasadamdamin ng halaga ng mga ito; at ang pagsisigasig sa pagtataglay ng mga ito, kasama ng pagpapalaganap ng mga katangiang iyon sa nakapaligid sa mga pamilya nila at lipunan nila.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(pinuno ng mga anak ni Adan - Itinangi ako - masasaklaw na mga pananalita - iniadya ako sa pamamagitan ng hilakbot - ipinahintulot para sa akin ang mga samsam sa digmaan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Semantic Map - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Katayuan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pagsisigasig sa Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pagbibigay-halaga sa mga Kainaman at mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Basahin mo sa mga estudyante ang sumusunod na ḥadīth: Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ako ay pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagbangon..."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 4712 at Imām Muslim: 2278.) Pagkatapos magbibigay ka sa kanila ng sumusunod na dalawang pagtatanung-tanong:

Dahil sa ano naging karapat-dapat ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa katayuang ito?

Nakakikilala ka ba ng mga iba pang kakanyahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?

Pakaalamin mo iyon sa pamamagitan ng araling ito, pagkatapos isulat mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map at para sa pag-organisa ng pagkakaalam na pang-isip hinggil sa mga sangkap

ng aralin, maglalahad ang tagapagturo, sa pamamagitan ng isang poster, sa isang pormang organisasyonal para sa mga kakanyahan at mga kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Hakbang Numero 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, hihiling ang tagapagturo sa mga estudyante na magbigay ng ilang tanong na naiibigan nilang mapag-alaman tungkol sa mga kainamang iyon. Magtitipon siya ng mga tanong nila at magtatala ng mga ito sa pisara. Maaari sa kanya na pagyamanin ang mga ito sa pamamagitan ng mga tanong na pangkaragdagan upang sumaklaw sa magkakaiba sa mga sangkap ng aralin. Baka ito ay magiging kabilang sa mga tanong na ilalahad:

PANUTO: Bakit ipinadala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao sa kalahatan?

PANUTO: Papaano binigyan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng masasaklaw na mga salita?

PANUTO: Ano ang kahatulan sa pagsasagawa ng tayammum sa pamamagitan ng alabok.

PANUTO: Papaano iniadya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa

pamamagitan ng hilakbot at papaano ipinahintulot para sa kanya ang mga samsam sa digmaan?

Hakbang Numero 3

Tatalakayin ng tagapagturo ang mga kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kabilang-buhay sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag. Sa sandaling iyon, ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga marangal na ḥadīth at ang mga patunay na nagbibigay-diin sa mga kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kabilang-buhay at hihilingin niya sa mga estudyante ang makilahok sa pagbasa ng mga ito, pag-aanalisa sa mga ito, at pagpapaliwanag sa kahulugan ng mga ito at ng iginagabay ng mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsusulat ng isang parapong kinapapalooban ng pinakamahalaga sa mga panuto na napag-alaman nila mula sa aralin.

Mamimili siya ng ilan sa kanila para magbasa sa mga kaklase nila ng isinulat nila, kasama ng pagkakaloob ng pagkatig na nababagay sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Katuturan ng Pagkatuto ng Wikang Arabe.

Numero ng Layon 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

1. Ang Lahat ng Nauna

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng mga paglalarawan sa batis ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Numero ng Layon 4

Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa isang papel na panlabas.

Titipunin ang mga sagot, itutumpak mo ang mga ito, at gagantimpalaan mo ang sinumang tumama sa pamamagitan ng pag-atang sa kanya ng pagdidisenyo ng isang poster na susulatan ng isinagot niya at ng paglalathala nito sa mga social media.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isa kasunod ng isa pa. Minamagaling na humiling ka sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang pagsagot sa bawat tanong mula sa mga sumusunod na tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Iminumungkahi na hilingin mo sa nagkakamali kabilang sa kanila ang pagsangguni sa nilalaman ng aralin para basahin ito.

Ang paghango ng tumpak na pagsagot mula rito.

PANUTO 2: Ang tagapagpamagitan ay ang papayagan sa pamamagitan at ang pamamagitanin ay ang tatanggapang ng pamamagitan.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapalakas-loob sa kanila sa pagtipon ng ilan sa mga āyah at mga ḥadīth ng Propeta na nagsalita tungkol sa mga kakanyahan at mga kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na iba pa sa nabanggit sa aralin at ang pagsusulat sa mga ito sa isang poster at ang pagsasabit nito sa masjid.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ibigay mo sa mga estudyante ang sumusunod na tanong at pakaalaman mo ang mga pagsagot nila. Hilingin mo sa kanila ang pagtuklas ng kaugnayan sa pagitan ng tanong at pamagat ng aralin at layon dito.

PANUTO: Tunay na ang pagbabasa ng Marangal na Qur'ān ay hindi lamang pag-uulit-ulit

ng mga titik nito at mga salita nito. Kaya ano ang konsepto ng tunay na pagbabasa ng Aklat ni Allāh (napakataas Siya)?

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Maaari sa tagapagturo na magpatulong sa istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas at maglahad sa mga estudyante ng sumusunod na parirala at tanong na napaloloob dito: (Ang Marangal na Qur'ān ay ang Aklat ni Allāh na pinababa Niya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa kapatnubayan ng tao tungo sa katotohanan at kabutihan, kaya naman nararapat sa atin na magsigasig sa pagbabasa nito. Kaya ano ang kainaman ng pagbabasa nito?)

Maghahain siya sa kanila ng isang grupo ng mga mapagpipiliang nauugnay sa pagsagot sa mga ito, tulad ng: "Ang pagtamo ng Paraiso, ang pagkamit ng isang magandang gawa, ang pagpapaibayo ng mga magandang gawa." Pagkatapos ipaaalam niya sa kanila ang tumpak na sagot.

Hakbang Numero 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa marangal na ḥadīth na nagpapaliwanag ng kainaman ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān. Iyon ay sa pamamagitan ng

tinakdaang audio medium. Makikipagtalakayan siya sa kanila kaugnay sa mga kahulugan ng bawat pangungusap mula rito.

Hakbang Numero 3

Sa pamamagitan ng brainstorming, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa paglalahad ng nalalaman nila na pamamaraan ng pagbasa ng Marangal na Qur'ān. Matapos mapag-alaman ang sagot nila, maglalahad siya sa kanila ng isang pormang pampagpapaliwanag para sa pamamaraang iyon.

Hakbang Numero 4

Magbuod ka ng naisagawang paglalahad sa aralin na kainaman ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān tungkol sa paraan ng paglalahad ng mga kainamang iyon sa pamamagitan ng isang semantic panel na nagpapaliwanag ng mga ito. Magkomentaryo ka sa mga ito kasama ng pagbibigay-linaw sa mga katuturang nauugnay sa bawat kainaman. Mamili ka ng dalawang estudyante para magkomentaryo sa mga kainamang iyon para magpakatiyak sa pagkaunawa nilang dalawa sa mga iyon.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Maaari sa iyo na mag-atang sa bawat estudyante ng pagbanggit ng isa sa mga paghuhulo (deduction) na nahantungan niya matapos ng

pagkaunawa niya sa aralin, kasabay ng pagsulat mo sa inilalahad nila sa pisara, habang nagkokomentaryo at nagpapaliwanag sa saklaw ng pagkakaugnay nito sa aralin.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa Kainaman ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.

Numero ng Layon 6

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagbasa ng dalawang marangal na ḥadīth na nasasaad sa unang aktibidad. Tatalakay siya kasama nila ng pagpapakahulugan sa mga kahulugan ng mga bokabularyong napaloloob sa dalawang ḥadīth na ito, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa paglalahad ng mga kahulugan sa pamamagitan ng konteksto. Pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila kaugnay sa pagpapakahulugan sa mga ito at mga pahiwatig ng mga ito. Mamimili siya ng isa sa mga estudyante upang magtakda ito ng kainaman ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān mula sa bawat ḥadīth. Pagkatapos magtatala siya ng mga ito sa pisara para isulat sa mga aklat nila.

Ang Pamamagitan ng Marangal na Qur'ān sa Tagabasa Nito sa Araw ng Pagbangon

Ang Pag-angat ng mga Antas ng Tagatangkilik ng Qur'ān sa Araw ng Pagbangon.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagmumungkahi ng mga Kaparaanan na Umaalalay sa Pagrepaso sa Qur'ān at Pagpapakahusay Rito.

Numero ng Layon 4

Mamahagi ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante ng isang kard na naglalaman ng ḥadīth na nasasaad sa aktibidad. Hilingin mo sa kanilang dalawa ang makipagtulungan sa pagmungkahi ng mga kaparaanang aalalay sa pagrepaso sa Marangal na Qur'ān at pagpapakahusay rito. Tipunin mo ang mga kard at tasahin mo ang mga ito. Ilahad mo ang kamalian sa mga ito sa mga estudyante upang itumpak nila sa pamamagitan ng mga sarili nila. Ipagkaloob mo ang papuri sa mga estudyante na hindi namutawi mula sa kanila ang alinmang pagkakamali sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghimok sa Pagbigkas Nito.

Numero ng Layon 4

Magtala ka sa bawat kard ng isa sa mga gawaing nasasaad sa ikaapat na aktibidad. Mamili

ka ng dalawang estudyante upang tumindig sa harap ng mga kaklase nilang dalawa, kung saan babasahin ng bawat isa sa kanilang dalawa ang aktibidad at tatangkain niyang magbigay-linaw rito at magpaliwanag nito, pagkatapos tatakdaan niya ang hinihiling. Magsusubaybay sa kanilang dalawa ang mga kaklase nilang dalawa at magtatasa sila sa inilalahad ng bawat isa sa kanilang dalawa.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang tumalakay ng mga tanong ng pagtatasa kasama ng mga estudyante alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magbigay ka ng mga tanong na nasasaad sa aralin sa mga estudyante nang magkakasunodsunod.

Pagkatapos mamili ka para sa bawat tanong ng dalawang estudyante para sa pagsagot nito. Salubungin ang mga pagsagot nilang dalawa, habang naghahambing sa pagitan nilang dalawa, kasama ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga kaklase nilang dalawa para magtasa sa mga pagsagot nilang dalawa.

Matapos ng pagwawakas ng pagsagot, magpanuto ka sa mga estudyante sa paglalagay nito sa mga aklat nila, kasama ng pagsangguni sa iyo sa kaso ng pagkahinto nila sa alinmang tanong.

PANUTO 1: - - -

PANUTO 2: Ang Pinarangalang Ka`bah - Araw
- Ang Pagpapaibayo ng mga Magandang Gawa.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at
Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral,
magpanuto ka sa mga estudyante sa sumusunod:

Magpapagabay ang mga estudyante sa mga
kainaman ng pagbabasa ng Marangal na Qur`ān sa
pagpapamalagi sa pagbabasa nito sa gabi at araw.

Ang pagsusumikap sa pagganap sa mga
magkakaibang aktibidad na tutulong sa kanila sa
pagsasakatotohan niyon.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Tagatakip-sala sa mga Pagkakasala

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang Biyernes
hanggang sa Biyernes - ang Ramaḍān hanggang sa
Ramaḍān - mga tagatakip-sala - malalaking
kasalanan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Kompyuter - Display Screen
- Ang Pisara - Instructional Board).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Konstruktibo - Ang Paglunas sa mga Suliranin - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Aquarium - Ang Pag-iisip na Analitiko).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pangangalaga sa Pagganap ng mga Pagtalima at ang Pagpapamalagi sa mga Ito.

* Ang Pagsasadamdamin ng Katayuan ng Pagdarasal at Pag-aayuno sa Islām.

* Ang Pag-iingat Laban sa Pagkasadlak sa Malalaking Kasalanan at ang Pagsasadamdamin ng Panganib Niyon.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa sumusunod na āyah sa pamamagitan ng audio medium at pag-uulit-ulit nito sa ilalim ng muqri' (tagapagpabasa), pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa kahulugan nito at iginagabay nito, habang nagpapaliwanag sa kanila ng kaugnayan nito sa ḥadīth ng aralin.

Nagsabi si Allāh:

وَأَقِمِ الصَّلَاةَ طَرَفَيِ النَّهَارِ وَزُلْفًا مِّنَ اللَّيْلِ إِنَّ الْحَسَنَاتِ يُذْهِبْنَ
السَّيِّئَاتِ

{Magpanatili ka ng pagdarasal sa dalawang dulo ng maghapon at sa bahagi ng gabi. Tunay na ang mga magandang gawa ay nag-aalis sa mga masagwang gawa. Iyon ay isang paalaala para sa mga tagapag-alaala.} (Qur'ān 11:114)

Magpaliwanag ka sa kanila ng pamagat ng ḥadīth, pagkatapos magtala ka nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ilahad mo ang ḥadīth sa pamamagitan ng display screen, pagkatapos basahin mo ito sa kanila. Humiling ka sa kanila na ulit-ulitin ang pagbasa matapos mo. Mamili ka ng ilan sa kanila para magbasa ng ḥadīth sa mga kaklase nila, kasama ng pagsubaybay sa kaayusan at kahusayan ng pagbabasa.

Hakbang 2

Sumalig ka sa pagkatutong konstruktibo para mapanumbalik ng mga estudyante ang pagkakilala nila sa tagapagsalaysay ng ḥadīth na si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya). Magkaloob ka sa kanila ng feedback na nababagay. Pagkatapos pagyamanin mo ang pagkakilala nila sa kanya sa pamamagitan ng mga impormasyong

pangkaragdagang naihahalimbawa sa pagpapakilala sa kanila ng: (pangalan niya, kadahilanan ng taguri sa kanya, pag-anib niya sa Islām, mga kainaman niya, at pagpanaw niya). Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para magpahayag ng napag-alaman nilang dalawa tungkol sa kapita-pitagang Kasamahan at pinakamahalaga sa mga kainaman na pumukaw sa paghanga nilang dalawa.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na pangyayari, na naglalahad ng isang suliranin. Hilingin mo sa kanila na magbulay-bulay rito at maglinaw ng opinyon nila. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapaliwanag sa ḥadīth at iginagabay nito.

(Si Aḥmad ay isang estudyanteng nagsusumikap at maganda ang ugali, nagsisikhay sa pagdarasal at pag-aayuno, at tapat sa pagsasalita niya; subalit may nangyari sa kanya na isang kataka-takang pangyayari. Minsan nga siyang nahuli sa pag-uwi sa bahay dahil sa paglalaro ng bola. Nang tinanong siya ng ama niya tungkol sa kadahilanan ng pagkahuli niya, nagsinungaling siya rito at nagsabi rito na siya ay nakatanggap ng isang pangkaragdagang klase sa paaralan. Ito ay unang beses na nagsinungaling si Aḥmad. Pinagsisihan niya iyon. Nang nakaharap niya ang kaibigan niyang si Ḥasan nang sumunod

na araw, ikinuwento niya rito ang pangyayari. Ipinabatid niya rito na siya ay nagnanais na magtakip-sala sa pagkakasala niyang ito. Kaya nagsabi naman sa kanya ang kaibigan niya: "Ang pagkakasala mo ay lubhang mabigat at hindi makaiiwas para rito sa isang natatanging pagbabalik-loob.")

Hakbang 4

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na pangyayari. Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng pananaw nila at magtakda ng saklaw ng kaayusan nito o kamalian nito ayon sa liwanag ng napag-alaman mo mula sa ḥadīth. Matapos ng pakikipagtalakayan sa kanila opinyon sa mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang tumpak na pagsagot ayon sa liwanag ng iginagabay ng marangal na ḥadīth.

(Nagsasagawa ang isa sa mga empleyado ng pagkuha ng suhol at pakikipagtransaksiyon sa interes. Nagbibigay-matuwid siya niyon para sa sarili niya dahil siya naman ay nagsisigasig sa pagsasagawa ng mga ṣalāh sa oras ng mga ito sa bawat araw at sa Biyernes bawat linggo upang ang mga ito ay maging mga panakip-sala para sa gawain niyang ito.)

* Ang Paghuhulo

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster. Pagkatapos hihiling

siya sa bawat isa sa kanila na maghulo, magbalangkas ng isa sa mga katuturan at mga panuto na ipinaaanyaya ng ḥadīth, at saka magsulat ng mga ito sa poster. Pagkatapos hihiling siya sa kanila na magbukas ng mga aklat nila para magbasa ng nilalaman ng mga ito na mga panuto at mga katuturan ng ḥadīth at maghambing ng mga ito sa nakalahad sa poster.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pampares, Paglilinaw ng Kahalagahan ng Ipinaaanyaya ng Ḥadīth na pagkakailangan ng pangangalaga sa mga dasal na isinatungkulin.

Numero ng Layon 4, 5

Pipili ang tagapagturo ng isa sa mga estudyanteng nagsusumikap at hihiling siya rito na basahin sa mga kklase niya ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad.

Matapos makipagtalakayan sa kanila hinggil sa kahulugan nito, magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa kanila sa pagtutulungan sa paglilinaw sa pinakamahalaga sa mahihinuha mula sa ḥadīth, kasama ng pagpapagana sa mga kakayahan nilang analitiko at deduktibo sa pag-uugnay sa pagitan ng

ḥadīth na ito at ḥadīth ng aralin, kasama ng pagbalangkas niyon sa isang pariralang pinaiksi at maliwanag.

Mamili ka ng tatlong pangkat mula sa mga estudyante para maglahad ng nahantungan nila, kasama ng paghahambing sa pagitan nila, pagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot, at pagkakaloob ng pagpapalakas-loob na nababagay sa mga karapat-dapat sa mga ito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagtatakda ng Epekto ng mga Pagtalima sa Muslim.

Numero ng Layon 3

Naisasagawa ang pag-employo ng estratehiya ng aquarium para sa pagganap ng aktibidad kaya magpapanuto ang tagapagturo sa ilan sa mga estudyante sa pag-upo sa isang bilog na kumakatawan ng porma ng aquarium samantalang ang nalalabi sa mga estudyante ay uupo sa labas ng bilog.

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyanteng naririyang sa loob ng isinarang bilog ang makipagtalakayan sa isa't isa sa kanila hinggil sa dalawang larawang naririyang sa aktibidad at ang paglilinaw sa epekto sa Muslim ng mga pagtalima [kay Allāh], kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa pagpapakamalikha at pagpapakasarisari sa pagbibigay ng mga

pagtugon. Magtatala ang tagapagturo ng ibinibigay ng mga kasapi ng grupo at magsusubaybay sa kanila ang natitira sa mga kaklase nila sa pinakamalaking bilog.

Magpapalitan ng mga lugar ang mga kaanib ng dalawang bilog at isasagawa ang mismong tuntunin sa kanila ng tagapagturo at mga kaklase nila. Pagkatapos magtitipon ang mga estudyante nang lahatan para sa paglahok at pakikipagtalakayan hinggil sa hinantong nila na mga epekto. Magdadayalogo kasama nila ang tagapagturo habang nagkokomentaryo sa pagganap nila at humahantong kasama nila sa mga eksaktong pagsagot.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Pampares, Pag-uulit-ulit ng Ḥadīth at Pagsasaulo Nito.

Numero ng Layon 6

Magpapalakas-loob ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagpapaulit-ulit ng ḥadīth sa isang anyong nagsosolo, una, pagkatapos magpapanuto siya sa bawat dalawa mula sa kanila sa pagtutulungan sa pagpaparinig ng bawat isa sa kanilang dalawa ng ḥadīth sa isa pa, kasama ng pagtatala ng bawat isa sa kanilang dalawa ng mga puna niya hinggil sa pagkakasaulo at pagpaparinig ng kaklase niya, upang magpagabay ang bawat isa sa kanilang dalawa sa opinyon ng isa pa. Daraan

ang tagapagturo sa kanila upang mapag-alaman ang kalikasan ng pagganap nila at magpanuto sa kanila, pagkatapos mamimili siya ng ilan sa kanila para magparinig ng ḥadīth sa harap ng mga kaklase nito para magpakatiyak sa pagkasaulo nito.

*** Ang Pagtatasa (Assessment)**

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo ang bawat parirala mula sa mga parirala nito nang magkakasunud-sunod sa mga estudyante. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Tasahin mo ang mga pagsagot nila habang nagpapaliwanag sa kanila ng tumpak na sagot.

PANUTO 1: - - -

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante upang sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap ng ikalawang tanong. Sa kaso ng pagkakamali ng alinman sa kanila, magpapanuto siya rito sa pagrepaso sa nilalaman ng aralin at paghango ng tumpak na sagot sa pamamagitan ng sarili niya.

PANUTO 2: (Ang Pagtuturo ng Kaalaman - Nagpapatawad ng mga Pagkakasala - Maliliit sa mga Pagkakasala - Buwan ng Ramaḍān)

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para sa pagsagot ng ikatlong tanong sa pisara. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsulat ng ḥadīth nang kumpleto. Sa sandali ng pagkakamali niya, hilingin mo sa kanya na repasuhin ang ḥadīth mula sa aklat at pakaalamin ang pagsusulat nito nang kumpleto.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa ikaapat na tanong nang nagsosolo. Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila kasama ng paghahambing sa pagitan nila at lilinawin mo ang pinakatama sa mga pagsagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Pagganyak sa bawat estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman niya mula sa ḥadīth na mga panuto at mga paggabay sa mga pagsamba niya, at lalo na sa nauugnay sa pagpapamalagi sa mga pagsamba, paggawa ng mga pagtalima, at pag-iwas sa pagkakasadlak sa malalaking kasalanan.

Pagsangguni ng bawat estudyante sa mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay pantao o elektroniko o pampapel. Pakaaalamin niya sa pamamagitan ng mga ito ang ilan sa mga tekstong pangkapahayagan na naglililaw sa kainaman ng ṣalāh, na kumakatig sa tinutukoy ng marangal na ḥadīth. Hilingin mo sa mga estudyante ang magpalitan sa pagitan nila ng nahantong nila upang mapag-alaman ng bawat isa sa kanila ang pinakamalaking bilang ng mga tekstong iyon.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (konseho - isang dangkal - isang siko - isang dipa - paspasan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Pisara - Instructional Board - Mga Larawang Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Palaisipang Pampagtuturo - Ang Paglunas sa mga Suliranin - Ang Paglalarawan - Ang Tatsulok ng Pakikinig).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh Kasama ng Pagpapaganda ng Gawa.

* Ang Pagsisigasig sa Pag-alaala kay Allāh Nang Palihim at Nang Hayagan

* Ang Pagsasadamdamin ng Lawak ng Araw ni Allāh at Kainaman Niya sa Nilikha Niya.

* Ang Pagsusumikap sa Pag-aanyaya Tungo sa Pagtalima at Pagpapakatuwid.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, itala mo sa pisara ang sumusunod na parirala at hilingin mo sa mga estudyante na maglinaw ng ipinahahayag mo. Gumawa ka mula sa mga pagtugon nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng banal na ḥadīth at ng kaibahan sa pagitan nito at ng pampropetang ḥadīth.

(Ang mga ito ay ang mga ḥadīth na isinasalaysay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol kay Allāh. Ang mga ito ay hindi Qur'ān Kaya ano ang mga ito?).

Ipaliwanag mo sa mga estudyante ang pamagat ng ḥadīth, pagkatapos itala mo ito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ilahad mo sa mga estudyante ang marangal na ḥadīth sa pamamagitan ng isang poster o sa pamamagitan ng display screen at basahin mo ito sa kanila. Hilingin mo sa kanila na mag-ulit ng pagbabasa matapos mo. Mamili ka ng tatlo sa kanila para magbasa ng ḥadīth sa mga kaklase nila, kasama ng pagsasaalang-alang sa katumpakan ng pagbabasa at kaayusan nito.

Hakbang 2

Hilingin mo sa mga estudyante na magsaalaala sa maikling talambuhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth sa punto ng: (pangalan niya, paglaki niya, paglikas niya, mga kainaman niya, at pagpanaw niya). Mamili ka ng dalawa mula sa kanila upang maglahad sa isang pinaigsing anyo ng napag-alaman nilang dalawa tungkol sa kapita-pitagang Kasamahan at pinakamahalaga sa mga kainaman na pumukaw sa paghanga nilang dalawa at naiibigan nilang dalawa na gayahin ito sa mga iyon.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na pangyayari, na naglalahad ng isang suliraning baka masasalang dito ang ilan. Hilingin mo sa kanila na magbulay-bulay sa pangyayari at maglinaw ng opinyon nila rito at pamamaraan ng pakikitungo rito. Gumawa ka mula sa mga

pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila sa ḥadīth, mga kahulugan ng mga bokabularyo nito, at iginagabay nito.

(Sumaksi si Sa`īd ng isang pagsaksi sa kabulaanan subalit siya ay nakadama ng pagkakasala na kinasadlakan niya. Nagbalik-loob siya kay Allāh at nagpasya siya na magwaksi ng nagpapagalit kay Allāh subalit siya ay nakararamdam na si Allāh ay hindi magpapatawad sa kanya at hindi tatanggap ng pagbabalik-loob niya.)

Hakbang 4

Maglalarawan ang tagapagturo ng inilalahad ng ḥadīth hinggil sa nauugnay sa mga pagkakalantad ng pag-aalaala ng tao kay Allāh, pagpapakalapit-loob nito sa Kanya, at anumang itinatapat dito ni Allāh doon. Iyon ay sa isang pormang mapang-akit at epektibo, habang nagsasaalang-alang sa sandaling iyon ng paglalahad ng mga larawang pampagtuturo na nagpapahiwatig ng sentido ng dangkal, siko, at dipa.

Matapos ng paglalarawan ng tagapagturo para roon, mamimili siya ng dalawang estudyante para maglahad ng naisadamdamin niya sa harap ng paglalarawang ito at kinakailangan sa kanilang dalawa na gawin matapos ng pagkaalam nilang dalawa rito.

* Ang Paghuhulo

Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante ang maghulo ng isa sa mga paggabay at mga panuto na nahinuha nito. Pakaaalaman ng tagapagturo ang mga pagtugon ng mga estudyante at pagyayamanin niya ang mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga dako ng iba pang pagpapahinuha. Pagkatapos maglalahad siya sa kanila ng isang poster na naglalaman ng lahat ng mga dako ng pagpapahinuhang nauugnay sa ḥadīth.

* Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam ng Kadahilanan ng Kagandahan ng Palagay kay Allāh sa Sandali ng Kamatayan at Kaparaanan Niyon.

Numero ng Layon 4

Maghahati-hati ang tagapagturo sa mga estudyante sa mga grupo, na ang bawat grupo ay binubuo ng tatlong individuwal. Magsasagawa siya ng paglalahad ng dalawang tekstong nasasaad sa aktibidad sa pisara. Magbabasa siya ng dalawang ito sa mga estudyante. Susunod siya sa

dalawang ito sa anumang kasunod sa dalawang ito na mga tanong.

Magpapanuto ang tagapagturo sa unang individuwal ng grupo sa pagbibigay ng sagot niya sa mga tanong, sa kundisyon na makinig ang ikalawa nang maigi sa kanya at magbigay naman ito sa kanya ng mga komentaryo at mga puna na magsasanhi sa kanya na magpaliwanag, magdetalye ng pagsagot, at magbibigay-katwiran sa mga ito. Hinggil naman sa ikatlo, magmamasid siya sa pagganap ng dalawang kaklase niya at magsusulat siya ng nagaganap sa dalawang ito para maghain nito sa tagapagturo.

Magsusubaybay ang tagapagturo sa mga pagganap ng mga grupo. Pakaaalam niya ang naisagawang pagtatala sa bawat grupo at ang pagsagot na naisagawa ang paghantong dito, habang nagkokomentaryo sa lahat at habang humahantong kasama nila sa wakas sa pinakatama sa mga pagsagot, kasama ng pagtatakda sa pinakamainam sa mga grupo sa pagganap.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Panggrupo, Paglilinaw ng Pananaw sa Ilan sa mga Pangyayari at Pag-alam sa Saklaw ng Pahiwatig ng mga Ito sa Kagandahan ng Palagay kay Allāh.

Numero ng Layon 4 - 5

Magtatala ang tagapagturo ng bawat pangyayari mula sa mga pangyayaring nasasaad sa aktibidad sa ilang kard at mamamahagi siya ng mga ito sa mga estudyante sa isang anyong pasapalaran.

Magbabasa siya ng bawat pangyayari mula sa mga pangyayari nang magkakasunud-sunod. Pakaaalamin niya ang mga estudyante na nagmamay-ari ng kard sa pangyayaring inilahad. Malugod na tatanggapin niya ang opinyon nila rito at ang pagbanggit ng kadahilanan niyon. Maghahambing siya sa pagitan ng mga pagtugon, habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagtugon. Mag-uulit-ulit siya ng gayon mismo hanggang sa malubos ang pagwawakas ng paghahalaga sa lahat ng mga pangyayari.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagtatakda ng mga Pagtalimang Naisasagawa ang Pangangalaga sa mga Ito.

Numero ng Layon 3-5

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante upang magtala ito sa isang panlabas na kard ng tatlo sa mga pagtalimang mangangalaga siya sa paggawa ng mga ito at maghahangad siya ng gantimpala sa mga ito. Titipunin ng tagapagturo ang mga kard ng mga estudyante para magtasa sa mga ito at maglinaw sa saklaw ng

pagkakawangisan sa pagitan ng mga ito, kasama ng pagpapalakas-loob ng mga pagtugon ng mga estudyante at pagganyak sa kanila sa pagpapamalagi sa mga pagtalimang iyon, bagkus sa pagdagdag sa mga iyon at pagpaparami sa mga iyon.

*** Ang Pagtatasa (Assessment)**

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, magbasa ka ng mga pariralang nasasaad sa mga ito nang magkakasunud-sunod. Pakaalamin mo ang pagsagot ng mga estudyante kasabay ng pagbibigay ng pagkakataon para magtasa sa mga kapisan, kung saan magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa isa sa mga kaklase niya.

PANUTO 1: (✓) - (✓) - (X)

PANUTO 2: (Si Allāh - Ang mga Anghel - Ang Kamatayan)

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para sa pagsagot sa ikatlong tanong sa pisara. Sa kaso ng pagkakamali niya, magpanuto ka sa kanya sa pagbasa ng ḥadīth mula sa aklat. Pakaalamin mo ang pamamaraan ng pagsulat niya sa isang

tumpak na anyo at pag-uulit ng pagsulat niya sa pisara.

Magtuon ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang mag-isa sa ikaapat na tanong. Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at maglilinaw ka ng pinakatama sa mga pagsagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagsisigasi ng bawat estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman niya mula sa ḥadīth na mga panuto, lalo na sa nauugnay sa kagandahan ng palagay kay Allāh kasama ng pagpapaganda ng gawain, pagpapakalapit-loob kay Allāh, at pagtalima sa Kanya para magkamit ng pabuya at gantimpala.

Ang pakikipagtalakayan ng bawat estudyante sa mga individuwal ng pamilya niya kaugnay sa mga pag-uugaling nakikisalongatan sa kagandahan ng palagay kay Allāh at ang pakikipagdayalogo hinggil sa kadahilanan niyon at pamamaraan ng pagbibigay-kamalayan sa mga individuwal na ito at paggabay sa kanila.

Ang Ikaanim na Aralin: Pitong [Uri ng Tao na] Maglililim sa Kanila si Allāh sa Lilim Niya

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

(Ang mga Bagong Pananalita: (lilim Niya - tinukso - nag-umapaw ang mga mata nito).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advanced Organizer - Ang Semantic Map - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pananampalataya sa Pagtatangi ni Allāh sa mga Alagad ng Pagtalima sa Kanya at Pagpaparangal sa Kanila sa Harapan ng mga Nilikha sa Araw ng Pagbangon.

* Ang Pagsasadamdamin ng Pagpaparangal ni Allāh sa mga Mananampalataya Dahil sa mga Gawain na Magpapagaan Para sa Kanila ng mga Hilakbot sa Araw ng Pagbangon.

* Ang Pagsisigasig sa Pagsamantala sa Panahon ng Kabataan sa Pagtalima kay Allāh.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Pagpapakawagas sa Pagkakawanggawa at Pagpapatayo ng mga Masjid.

* Ang Pag-iwas sa mga Ninanasang Ipinagbabawal Dahil sa Dulot sa Kanya na Dakilang Pabuya sa Kabilang-buhay.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga advanced organizer, maaari sa tagapagturo na maglahad sa mga estudyante ng sumusunod na pangyayari at anumang kasunod nito na mga tanong. Pakaaalaman niya ang mga sagot nila at itatala niya sa pisara ang naiiba sa mga ito. Magtatawag-pansin siya sa kanila sa pagsubaybay sa aralin nang maigi dahil sila ay makakakaya sa pamamagitan nito sa paghantong sa tumpak na pagsagot sa pamamagitan ng mga sarili nila.

(Si Muḥammad ay nagsisigasig sa mga pagdarasal sa masjid at umaalalay sa mga mamamayan ng bayan niya sa pamamahagi ng mga kawanggawa sa mga maralita kaya nagsabi sa kanya ang imām ng masjid: "Magaling, Muḥammad! Dumadalangin ako kay Allāh na ikaw ay maging kabilang sa lililiman ni Allāh sa lilim ng Trono Niya sa Araw ng Pagbangon." Nagsabi naman si Muḥammad: "Ano po ang kahulugan ng pananalitang ito, Shaykh? Ano po ang kahulugan ng Trono?")

Magtatala ang tagapagturo ng pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Magtatalaga ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagtingin sa marangal na ḥadīth at pagbabasa rito nang tahimik na pagbasa.

Sa pamamagitan ng kompyuter, ilalahad ng tagapagturo ang marangal na ḥadīth, babasahin niya ito sa kanila, hahanguin niya mula rito ang mga mahirap na pananalita, at ipaliliwanag niya ang mga ito sa kanila.

Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para magbasa ng ḥadīth nang tumpak na pagbabasa sa harapan ng mga kaklase at itutumpak niya para sa kanila ang pagbasa.

Hakbang Numero 2

Magpapakilala ang tagapagturo sa mga estudyante sa tagapagsalaysay ng ḥadīth sa punto ng: (pangalan niya, taguri sa kanya, buhay niya, mga kainaman niya, at pagpanaw niya).

Mamimili ang tagapagturo ng isa sa mga estudyante upang magpahayag ito ayon sa istilo nito ng nalaman nito sa tagapagsalaysay ng ḥadīth.

Hakbang Numero 3

Sa pamamagitan ng istilo ng mga semantic map, tatalakayin ng tagapagturo ang ḥadīth sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at paglalahad.

Maglalahad siya ng isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng pangunahing ideya sa aralin at makikipagtalakayan siya sa mga estudyante kaugnay rito. Ito ay: **(Ang mga lililiman ni Allāh sa lilim Niya sa Araw ng Pagbangon).**

Magpapaliwanag ang tagapagturo sa mga estudyante ng ideyang ito at ng anyo ng pagkakaugnay nito sa ḥadīth. Malugod na tatanggapin niya ang mga tanong nila tungkol sa ninanais nila na malaman at maintindihan

Hakbang Numero 4

Gagamit ka ng istilo ng pagkatutong kooperatibo at mag-aatang ka sa bawat grupo ng mga estudyante ng pagtatakda sa mga gawain ng pitong lililiman ni Allāh at mga katangian nila. Magpapalakas-loob ka sa mga estudyante sa pagpapalabas ng pagtugon na marami at sinarisari.

Maglalahad ang pinuno ng bawat grupo ng nahantong ng grupo niya, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay, sa kundisyon na magkumpleto ang bawat grupo ng pagsagot nito ayon sa liwanag ng napag-aalaman nito mula sa mga pagsagot ng mga ibang grupo.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante at hihiling ka sa bawat isa sa kanila na magpahayag ito ayon sa istilo nito ng isa sa mga panuto at mga katuturan na natutuhan nito mula sa ḥadīth at pamamaraan ng pagpapatupad sa mga ito sa buhay niya, pagkatapos magkakaloob ka sa kanila ng feedback na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pag-uugnay sa Pagitan ng mga Katangian.

Numero ng Layon 3

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng sumusunod na aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos mamimili ka ng pinakamainam sa mga pagsagot at maglalahad ka ng mga ito sa mga estudyante para magpakilala sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw sa Kainaman ng Pag-ibig Alang-alang kay Allāh.

Numero ng Layon 2, 3

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa dalawang grupo. Italaga mo ang una sa pagbabasa ng marangal na ḥadīth at pag-uulit-ulit nito at italaga mo naman ang ikalawa sa pagsagot sa aktibidad nang pasalita, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat isa sa kanilang dalawa.

Pagkatapos magpapalitan ang dalawang grupo ng mga gawain kaya magsasaulo ang ikalawang grupo at magtutumpak dito ang unang grupo, kasabay ng pagsubaybay ng tagapagturo at pagpapanuto niya.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagtugon sa mga tanong ng pagtatasa.

Mamahagi ka sa mga estudyante ng mga kard na naglalaman ang ilan sa mga ito ng salitang "Oo" at ang iba naman sa mga ito ng salitang "Hindi". Pagkatapos magbigay ka ng mga pariralang nasasaad sa unang tanong nang magkakasunud-sunod, kung saan itataas ng mga estudyante ang kard na nababagay sa parirala. Pakaalamín mo ang

nagkakamali kabilang sa mga estudyante para makipagtalakayan sa kanya kaugnay sa kamaliang iyon.

Mamili ka ng apat sa mga estudyante upang sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap na nasasaad sa ikalawang tanong. Sa sandali ng pagkakamali ng alinman sa kanila, magpanuto ka sa kanya sa paghango ng tumpak na sagot mula sa aklat.

Sasagot ang bawat estudyante sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong nang nagsosolo. Mamili ka ng ilan sa kanila para magbasa ng mga pagsagot nila, kasama ng pagtatasa ng mga kaklase nila sa kanila at pagpapaalam sa kanila ng tumpak na sagot sa sandali ng pagkakamali.

PANUTO 1: (Oo) - (Hindi) (Oo) - (Hindi)

PANUTO 2: Ang mga Hukom - Ang Kalinisang-puri - Takot kay Allāh.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagtawag-pansin sa pagsasamantala sa paggamit ng buhay sa pagtalima kay Allāh, pagpapatulong sa mga kaparaanang naisagawa

ang paglalahad sa mga ito sa aralin, at pagpapatupad sa mga ito maging sa isang anyong pang-individuwal o panggrupo, kasama ng pagpapagabay sa mga alagad ng kaalaman.

Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakarán

Ang Unang Aralin: Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍū'

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang malaking ḥadath - ang maliit na ḥadath - kalahati).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilong Pakuwento - Ang mga Advanced Organizer - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Pagsasadula ng Papel (Role Playing)).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Tahārah at Wuḍū'.

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Tahārah sa Buhay ng Muslim.

* Ang Pag-iwas sa Bawat Anumang Nauuwi sa Najāsah.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo ang magpasimula para sa aralin sa pamamagitan ng paghahain mo sa kanila ng sumusunod na senaryo: (Nagsagawa ng ṣalāh si Ibrāhīm habang nakasuot ng isang damit na nabahiran ng najāsah mula sa ihi ng lalaking anak niya na umabot na sa ikatlong taon. Kaya ano ang hatol sa ṣalāh niya?)

Pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila sa mga pagsagot nila at hahantong ka kasabay nila sa paksa ng aralin, pagkatapos magtatala ka nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga advanced organizer, maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante sa pamamagitan ng kompyuter ng isang pormang pampagpapaliwanag na kinapapalooban ng isang

pag-oorganisang naglalaman ng mga pangsangay na sangkap ng aralin.

Hilingin mo sa kanila na pagbulay-bulayan ang porma at ang paglalagay ng pamagat na nababagay rito.

Pakaalaman mo mula sa mga estudyante ang tinataglay nila na mga impormasyong nauna sa mga gawain ng wuḍū' na ilalahad ng advanced organizer. Nagkamali ba ang isa sa kanila bago niyon sa pagsusunod-sunod ng mga gawaing iyon? Ano ang ginawa niya?

Hakbang Numero 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na parirala at hilingin mo sa kanila na kumpletuhin ang mga ito sa pamamagitan ng ipinahihiwatig ng mga ito.

Matapos mapag-alaman ang mga pagsagot nila, bigyang-linaw mo sa kanila ang kahalagahan ng ṭahārah at ang kainaman nito.

Nag-anyaya ang Islām tungo rito sa lahat ng mga kalagayan dahil sa dulot nito na mga katuturang pangkalusugan at panlipunan at gumawa ito, mula sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh, ng dalawang kundisyon Ano ito?

Ito ay isang kadahilanan sa pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa at kalahati ng pananampalataya ... Ano ito?

Nangyayari ito sa pamamagitan ng paghuhugas sa buong katawan (ang paligo) at nangyayari ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng wuḍū'. Ano ito?

Hakbang Numero 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pagsasadula ng papel (role playing), magsasagawa ang isang estudyante ng pagsasadula ng mga gawain sa wuḍū', kasama ng pagsubaybay sa natitira sa mga kaklase, at ng pagtatasa sa kanila rito.

Pagkatapos magkokomentaryo ang tagapagturo sa lahat, habang naglalahad ng mga negatibo na kinasadlakan. Pagkatapos maglalahad siya ng isang binuod sa nilayon ng senaryong pampagsasadula sa pamamagitan ng isang poster na kinapapalooban ng: Tumpak na Paraan ng Pagsasagawa ng Wuḍū'.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsusulat ng isang parapong kinapapalooban ng nahinuha nila mula sa aralin.

Ang pagpapakatig ng isinulat nila sa pamamagitan ng nasaad sa Marangal na Qur'ān at

Pampropetang Sunnah, pagkatapos mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para magbasa ng naisagawang maisulat, kasama ng pagkokomentaryo rito para magpapakatiyak sa katumpakan nito at pagkaintindi nila sa nilalaman.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsaliksik sa mga Kalagayan ng Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pagsasagawa ng Wuḍū'.

Numero ng Layon 2

Maaari sa tagapagturo ang mamili ng isa sa mga estudyante para basahin ang dalawang tanong ng unang aktibidad.

Makikipagtalakayan siya sa kanila kaugnay sa kahulugan ng dalawang ito at ng ipinapatnubay ng dalawang ito. Pagkatapos magpapanuto siya sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa dalawang ito.

Mamimili siya ng isang kaanib mula sa bawat pangkat para maglahad ng pagsagot ng pangkat nito, kasama ng paghahambing sa pagitan ng mga sagot para takdaang pinakatama sa mga ito.

(Bago Magsagawa ng Ṣalāh - Bago Sumaling ng Muṣḥaf)

(Sa Sandali ng Pag-alaala kay Allāh - Sa Sandali ng Pagtulog)

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Tumpak na Wuḍū'.

Numero ng Layon 4

Itatala ng tagapagturo ang mga pariralang nasasaad sa aktibidad sa isang grupo ng mga kard.

Hihiling siya sa bawat estudyante na mamili ng isa sa mga kard sa isang anyong pasapalaran.

Babasahin niya ang napaloloob dito sa mga estudyante sa isang tinig na maliwanag at naririnig.

Bibigyang-linaw niya ang parirala at huhuluhin niya ang ipinahihiwatig nito na pagpapatupad ng wuḍū' sa isang tumpak na paraan.

Ibigay mo sa mga kaklase niya ang pagkakataon para magtasa sa kanya para makaalam sa tumpak na pagsagot.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga

Estudyante sa Pamamaraang Pag-uugnay sa Pagitan ng mga Teksto.

Numero ng Layon 3

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na kinapapalooban ng sumusunod na aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos mamimili ka ng pinakamainam sa mga sagot at maglalahad ka ng mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga tanong sa mga kuwaderno nila.

Tipunin mo ang mga kuwaderno mula sa mga estudyante at ipanuto mo sa kanila ang mga tanong nang pasalita upang magsagawa sila ng paglutas sa mga ito.

Ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay. Pagkatapos itumpak mo ang mga kuwaderno at ilagay mo ang gradong nababagay sa bawat tanong.

PANUTO 1: - - - .

PANUTO 2: Ang mga Gawain sa Pagsasagawa ng Wuḍū' Ang Pagkakasunud-sunuran Ang Paghuhugas ng Mukha 5 Ang Pagmumog 3 Ang Paghuhugas ng mga Kamay Hanggang sa mga Siko 6 Ang Pagsinghot ng Tubig at ang Pagsinga Nito 4 Ang Pagpapahid sa mga Tainga 8 Ang Paghuhugas ng mga Paa 9 Ang Pagpahid sa Ulo 7 Ang Paghuhugas ng mga Kamay 2 Ang Layunin at ang Pagsabi ng Bismi –llāh (Sa Ngalan ni Allāh) 1

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Iminumungkahi na hilingin mo sa bawat estudyante ang magbuod ng pinakamahalaga sa nahinuha niya mula sa mga patakaran at ang magpaalam nito sa pamilya niya at mga nakapaligid sa kanya.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang tayammum - ang khuff - ang balangkat (splint)).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilong Pakuwento - Ang Pagpapalabas ng mga Tanong - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay Halaga ng Shari`ah sa mga May mga Maidadahilan.

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Tubig sa Buhay ng Muslim.

* Ang Pagdakila sa Halaga ng Islām at Pag-aanyaya Nito Tungo sa Kalinisan.

* Ang Pag-iwas sa Bawat Anumang Nauuwi sa Najāsah.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo ang magpasimula para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad mo sa mga estudyante ng dalawang sumusunod na ehemplo sa isang kard na pampagtuturo:

(Sa panahon ng matinding ginaw, nagkakasya si Ibrāhīm sa pagsasagawa ng wuḍū' niya sa pagpapahid sa medyas.)

(Nabali ang kamay ni Muḥammad kaya pumunta siya sa manggagamot. Nagsagawa naman ito ng pagbalot sa pilay ng isang matibay na benda na pumipigil sa pag-abot ng tubig sa balat. Kaya sa tuwing nagnais siya na magsagawa ng wuḍū', nagpapahid siya sa ibabaw nito.) Pagkatapos magtatanong ka sa kanila sa unang ehemplo tungkol sa ginawa ni Ibrāhīm. Ano ang itatawag mo sa materyal na ito sa ikalawang ehemplo at hatol sa pagpahid sa medyas at benda. Pagkatapos hahantong ka kasabay nila sa paksa ng aralin at magtatala ka nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbuklat ng aralin at pag-alam sa mga sangkap nito at nilalaman nito. Pagkatapos magtalaga ka sa bawat dalawa sa kanila sa paglahok sa pagbibigay ng mga tanong na maaaring masagot sa pamamagitan ng nilalaman ng aralin.

Malugod mong salubungin ang mga tanong ng mga estudyante, ulitin mo ang pagkabalangkas ng mga ito, itala mo ang mga ito sa isang poster na isasabit sa harapan nila para talakayin sa

pamamagitan ng pagbibigay-linaw, pagpapaliwanag, at pagsagot.

Maaaring pagyamanin ang mga tanong na iyon sa pamamagitan ng ilan sa mga iba pang tanong. Kabilang sa mga ito:

PANUTO: Ano ang pinapakay ng tayammum?

PANUTO: Ano ang mga kadahilanan na nagpapahintulot sa Muslim na isagawa ang tayammum?

PANUTO: Ipaliwanag mo ang tumpak na pamamaraan ng pamamaraan ng pagsasagawa ng tayammum.

PANUTO: Nagpahintulot ang Makatotoong Batas ng pagpahid sa khuff at balangkat (splint) sa halip ng paghuhugas sa sinuutan ng dalawang ito sa pagsasagawa ng wuḍū' ayon sa mga kundisyon. Ipaliwanag mo iyon.

Hakbang Numero 2

Talakayin mo ang mga naunang tanong kasama ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Maaari sa iyo na magpatulong kaugnay roon sa isang display screen, na naisasagawa sa pamamagitan nito ang paglalahad ng bawat permiso mula sa tatlong permiso (ang tayammum

- ang pagpahid sa khuff at balangkat) nang magkakasunud-sunod.

Ang paglalahad ng mga larawang pampagpapaliwanag na nagbibigay-patunay sa mga permisong iyon. Sa loob ng paglalahad ng bawat permiso, isasagawa ang pagtalakay sa mga patunay na pangkapahayagan na nauugnay sa mga ito mula sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah, kasama ng pagtalakay sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa paglilina sa iginagabay ng mga patunay na iyon at pag-uugnay sa mga ito sa mga pagbabatas na Islāmiko.

Hakbang Numero 3

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo.

Ilalahad niya ang mga sumusunod na senaryo sa mga estudyante para malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng mga ito at maglinaw ng saklaw ng pagkakasang-ayunan ng mga ito o pagkakaibahan ng mga ito sa nasaad sa aralin gaya ng mga pagbabatas na nauugnay sa tayammum at pagpahid sa mga harang. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Naniniwala ang isang tao na ang pagsasagawa ng tayammum sa pamamagitan ng pagtapik sa lupa ng dalawang kamay niya higit sa isang beses.

Nagpayo ang isa sa mga individuwal ng pagkakailangan ng pagkuha ng permiso sa pagsasagawa ng tayammum bilang pagpapagaan sa mga may mga maidadahilan.

Tinatanggihan ng ilan ang pagpapahid sa khuff nang sa gayon hindi masanay roon ang mga tao.

Maaari sa lalaki na magsagawa ng ṣalāh habang nakasuot ng khuff hanggat hindi lumampas ito sa yugto ng pagpapahid dito.

Humiling ang isa sa mga individuwal ng hindi pagpapahid sa balangkat dahil sa katwiran na ang taong iyon ay walang wuḍū' dahilan sa balangkat niya.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagrerepaso ng inasahan nila mula sa mga sangkap hinggil sa aralin.

Magkokomentaryo ang bawat isa sa kanila sa pamamagitan ng isang pinaiksing pangungusap hinggil sa paglubus-lubos ng aralin sa mga sangkap na iyon at napag-alaman nila mula sa mga paksa at mga bagong sangkap na hindi nagawang mabanggit.

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante upang magbuod ang bawat isa sa kanila ng naintindihan nito tungkol sa isa sa mga katuturang nauugnay sa bawat isa sa tayammum at pagpahid sa mga harang.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagbubulay-bulay at Pag-alam sa Pagkakaiba sa Pagitan ng Dalawang Bagay.

Numero ng Layon 3

Hihiling ang tagapagturo sa mga estudyante na magbukas ng kuwaderno sa aktibidad at mamimili siya ng isa sa mga estudyante para magbasa nito.

Magpapanuto siya sa bawat estudyante sa pagsagot sa mga tanong na kaugnay sa aktibidad sa kuwaderno nito.

Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila nang pasalita at makipagtalakayan ka sa kanila kaugnay sa mga ito. Pagkatapos pagkalooban mo ng papuri ang sinumang nakakakaya sa pagbibigay ng sagot na

tumpak at nagpapahayag ng pananaw at sa paglilinaw sa tumpak na kadahilanan.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagpahid sa Khuff.

Numero ng Layon 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad at ang pagbabasa nito nang maigi. Pagkatapos magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagsasaliksik sa isang sagot sa aktibidad. Matapos magwakas, makikipagtalakayan ka kasama nila kaugnay sa isinulat nila at hahantong ka kasabay nila sa tama. Pagkatapos isusulat mo ang tumpak na sagot sa pisara upang ilipat nila ito sa mga kuwaderno nila.

Aktibidad 2: Tatlong Araw Kasama ng mga Gabi ng mga Ito Para sa Manlalakbay at Isang Araw at Isang Gabi Para sa Residente.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapatupad ng Pagpahid sa Khuff at Balangkat.

Numero ng Layon 4

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo, kung saan pipili ka sa bawat grupo ng magkakatawan dito mula sa mga kaanib nito upang gumanap ito sa mga gawain ng pagpahid sa khuff at balangkat sa harapan nila.

Maghahalaga ang bawat grupo. Ang grupong nagwagi ay ang tagapagtaglay ng pinakamainam na sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Ibigay mo ang unang tanong sa mga estudyante. Mamili ka ng lima sa kanila nang pasapalaran, kung saan sasagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap ng tanong, kasama ng pagsubaybay sa mga kaklase nila at pagtatasa sa kanila.

PANUTO 1: - - -

Magtutulungan ang bawat tatlo sa mga estudyante sa pagsagot sa ikalawang tanong. Makikipagpalitan ang bawat pangkat ng sagot nito sa ibang pangkat para magtasa rito. Magbibigay ang tagapagturo sa bawat pangkat ng pagkakataon para maglahad ng natuklasan nito na mga kamaliang nasa ibang pangkat. Pagkatapos ipaalam mo sa kanila ang tumpak na sagot.

Ibigay mo ang ikatlong tanong sa mga estudyante. Mamili ka ng tatlo sa kanila para sa pagsagot doon. Sa kaso ng pagkakamali nila at hindi pagkakaya nila sa pagbanggit ng

paghahambing, magpanuto ka sa kanila sa pagpapalabas nito sa pamamagitan ng mga sarili nila mula sa nilalaman ng aralin.

Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante para sa pagsagot sa ikaapat na tanong at mamili ka ng dalawang iba pa para magtasa sa sagot ng dalawang kaklase nilang dalawa, habang nagkakaloob ng pagsuportang nababagay sa bawat isa sa kanilang dalawa.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Susuriin ng bawat estudyante ang mga kalagayan na isinasabatas sa mga ito ang pagsasagawa ng tayammum upang mapaglinawan niya ang saklaw ng pagsasaalang-alang niya at pagpapatupad niya sa tunay na buhay. Sa kaso ng pagkatuklas nila ng ilan sa mga negatibo, maaaring magsaliksik sila ng mga pamamaraan ng pagpapatupad ng mga tumpak na tuntunin. Halimbawa: Ang pagsulat ng mga panuto sa mga pahina ng social media o ang paghiling sa imām ng masjid na magsalita tungkol sa tayammum at pagpahid sa mga harang sa punto ng konsepto, mga kundisyon, at pamamaraan.

Pagtawag-pansin sa mga estudyante sa pag-alam sa pagkakaiba sa pagitan ng mga patakaran ng pagpapahid sa khuff at ng mga patakaran sa pagpapahid sa balangkat.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Ghusl

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang ghushl (paligo) - ang regla - ang nifās - ang manīy).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Paglutas ng mga Suliranin - Ang Estratehiyang: "Alam ko - Nais kong malaman - Natutuhan ko KWL" - Ang Istilo ng Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Malasakit ng Sharī'ah sa Kalinisan.

* Ang Pagsisigasig sa Tahārah Palagi.

* Ang Pag-iwas sa Bawat Anumang Nauuwi sa Najāsah.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo ang magpasimula para sa aralin sa pamamagitan ng paghahain mo sa mga estudyante ng sumusunod na tanong: Ano ang pakiramdam mo kapag nakakita ka ng isang taong hindi malinis, na may umaalingasaw mula sa kanya na mabahong amoy? Walang duda na ikaw ay mapeperhuwisyo roon. Dahil sa sigasig ng Islām sa kadalisan ng Muslim at kalinisan niya at hindi pamemerhuwisyo sa iba, nagsabatas ito ng pagpaligo. Kaya ano ang pagpaligo? Ano ang mga patakaran dito? Ito ang mapag-aalaman mo sa aralin natin. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Iminumungkahi ang pagpapatulong sa estratehiyang: "Alam ko - Nais kong malaman - Natutuhan ko."

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa paghati sa isa sa mga pahina ng kuwaderno niya sa tatlong bahagi.

Magsusulat siya sa unang bahagi ng nalalaman niya na mga impormasyon tungkol sa pakahulugan ng ghusl at mga sitwasyon nito. Sa ikalawang bahagi, magsusulat siya ng ninais niyang malaman tungkol sa kahalagahan ng ghusl.

Hahayaan niyang walang laman ang ikatlong bahagi.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga naunang impormasyon nila at ng naiibigan nilang mapag-alaman mula sa aralin, habang nagkokomentaryo ka sa kanila at nagpapaliwanag ng saklaw ng pagkakaiba-iba sa pagitan nila.

Maglahad ka sa kanila ng mga sangkap ng aralin upang pagbulay-bulayan nila at ipaghambing nila sa itinala nila.

Hakbang Numero 2

Iminumungkahi na mamili ka ng ilan sa mga estudyante para magbasa sa mga kaklase nila ng aralin sa isang pagbasang malakas.

Matapos magwakas sa pagbasa ng bawat parapo, isasagawa ang pagpapaliwanag sa mga ito kasama ng pagbibigay-linaw sa mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyo sa mga ito.

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng brainstorming, magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagpapaliwanag ng paraan ng pagsasagawa ng ghusl at mga uri nito.

Mamimili ka ng isang kaanib ng bawat grupo para maglahad ng nahantungan nila. Ibigay mo sa kanila ang feedback na nababagay.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagkumpleto ng tatlong puwang mula sa kuwaderno niya, na nauugnay sa napag-alaman niya mula sa aralin.

Magsusulat siya ng natutuhan niya at nahinuha niya mula sa aralin sa isang pinaikling anyo.

Mamili ka ng tatlo sa kanila para sa pagbasa sa mga kaklase nila ng itinala nila, sa pamamagitan ng pagkomentaryo ng bawat isa sa kanila sa itinala niya sa tatlong puwang at paghahambing niya sa tugon niya bago matutuhan ang aralin at matapos nito.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Tumpak na Ghysl.

Numero ng Layon 2

Ilahad mo sa mga estudyante ang clip na natatagpuan sa aktibidad at ang pagbubulay-bulay rito nang maigi. Pagkatapos magtatalaga ka sa

bawat estudyante sa pagsasaliksik sa isang sagot para sa aktibidad. Matapos magwakas, makikipagtalakayan ka kasama nila kaugnay sa isinulat nila at hahantong ka kasabay nila sa tama. Pagkatapos isusulat mo ang tumpak na sagot sa pisara upang ilipat nila ito sa mga kuwaderno nila.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa mga Kadahilanan ng Pagsasagawa ng Ghysl.

Numero ng Layon 3

Mamahagi ka sa bawat dalawang estudyante mula sa mga estudyante ng isang kard na kinapapalooban ng dalawang tekstong nasasaad sa aktibidad. Hilingin mo sa kanila ang pakikipagtulungan sa paghango ng kadahilanan ng pagsasagawa ng ghysl gaya ng naintindihan nila mula sa dalawang teksto. Tipunin mo ang mga kard at tasahin mo ang mga ito. Ilahad mo ang kamalian sa mga ito sa mga estudyante upang itumpak nila sa pamamagitan ng mga sarili nila. Ipagkaloob mo ang papuri sa mga estudyante na hindi namutawi mula sa kanila ang alinmang pagkakamali sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Itinuturing na Kaibig-ibig sa Ghysl.

Numero ng Layon 4

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para basahin sa mga kaklase niya ang aktibidad. Pagkatapos talakayin mo ito kasama nila sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagbanggit ng dalawang sitwasyong itinuturing na kaibig-ibig para sa dalawang ito ang pagsasagawa ng ghusl, mula sa sitwasyon na nagawang matutuhan mula sa aralin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, sasagot ang bawat estudyante sa dalawang ito nang nagsosolo. Pagkatapos ilalahad ng tagapagturo ang tumpak na sagot sa pisara. Hihilingin niya sa bawat isa sa kanila na magbigay ng gradong nababagay sa pagsagot nito. Pakaaalamin niya ang mga grado nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

PANUTO 1: - - -

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang mag-isa sa ikatlong tanong. Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito, kung saan magtutumpak ang bawat isa sa kanilang dalawa sa

sagot ng isa, kasabay ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapahalaga sa personal na kalinisan, pagpaligo, at pagpapabango.

Pagsisigasig ng bawat estudyante sa pagpapatupad ng tumpak na ghushl at pagpapahalaga sa mga sitwasyon ng pagtuturing na kaibig-ibig ang ghushl.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Şalāh

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang kasunduan - karumihan niya - bumagabag sa kanya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Brainstorming - Ang Pakikipagdayologo at ang Pakikipagtalakayan - Ang mga Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Katayuan ng Ṣalāh sa Qur'ān at Sunnah.

* Ang pagsisigasi sa Pagganap ng Ṣalāh sa mga Oras Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo ang magpasimula para sa aralin sa pamamagitan ng paghahain mo sa kanila ng sumusunod na senaryo: (Nagpabatid si Ḥamzah sa tagapagturo niya na siya ay palaging nakararamdam ng kalungkutan kaya naman nagtanong sa kanya ang tagapagturo niya: "Nangangalaga ka ba sa ṣalāh mo?" Nagsabi naman siya rito na hindi. Kaya pinayuhan siya ng tagapagturo niya na mangalaga siya sa ṣalāh niya sa oras nito.) Ano ang kaugnayan ng ṣalāh sa pagkaramdam ng kalungkutan at pag-aalala? Ito ang mapag-aalaman mo sa aralin natin. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Sa pamamagitan ng brainstorming, pagbaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Magtatalaga ka sa bawat grupo ng mga estudyante sa pagpapaliwanag sa katayuan ng ṣalāh.

Magtatala ang bawat pangkat ng nahantungan nito sa isang panlabas na papel para sa paghahambing sa pagitan ng mga sagot nila.

Hakbang Numero 2

Para sa paglilinaw sa kahalagahan ng ṣalāh, maaari sa tagapagturo na magtala sa pisara ng sumusunod na parirala: (Ito ay isang ginhawa para sa sarili at isang pag-aalis ng mga alalahanin yayamang nakalilimot ang tao sa mga alalahanin niya habang siya ay nasa harap ni Allāh ... Kaya ano ito?)

Hihilingin niya sa mga estudyante ang maghulo ng ipinahayag at gagawin niya ang mga pagsagot nila na isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila sa kahalagahan ng ṣalāh.

Hakbang Numero 3

Maglalalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang semantic map na nagpapaliwanag sa katayuan ng ṣalāh.

Tatalakay ang tagapagturo ng bawat katayuan mula sa mga ito nang magkakasunud-sunod sa

pamamagitan ng pagpapaliwanag, kasama ng paglalahad sa mga ḥadīth ng Propeta na nauugnay sa bawat katayuan. Isasagawa ang pagbibigay-linaw sa mga ḥadīth at ang pagpapakahulugan sa mga ito.

Maaari sa tagapagturo ang magpagabay sa mga sumusunod na tanong, ang magbigay ng mga ito sa mga estudyante, at ang makipagtalakayan sa kanila kaugnay sa mga ito para magpaliwanag sa katayuan ng ṣalāh at panganib ng pagwaksi nito o pagwawalang-bahala rito.

PANUTO: Ano ang palatandaan ng pagpapakatuwid sa Islām?

PANUTO: Bumanggit ka ng isang ḥadīth na nagpapatunay na ang ṣalāh ay ang kauna-unahan sa gawaing tutuusin dahil dito ang tao sa Araw ng Pagbangon.

PANUTO: Ipaliwanag mo ang tinutukoy ng sinasabing ang ṣalāh ay nagpapalayo sa Muslim sa mga pagsuway.

PANUTO: Papaanong ang ṣalāh ay nagiging isang ginhawa para sa sarili?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagbatid sa nilalaman ng aralin sa aklat niya.

Ang pag-uukol ng isang panininging nagsusuri sa mga sangkap nito at mga ideya nito.

Hilingin mo sa bawat isa sa kanila ang magtala ng tatlong sangkap na nahinuha niya mula sa aralin, pagkatapos pakaalaman mo ang mga sagot nila, pagkatapos itala mo sa pisara ang naiiba sa mga ito, kung saan ililipat ang mga ito ng mga estudyante sa mga kuwaderno nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa Epekto ng Ṣalāh sa Ginhawa ng Sarili.

Numero ng Layon 2

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pag-iisip isip sa pagsagot sa ikalawang aktibidad, pagkatapos magsusulat siya sa isang nakahiwalay na papel ng isang pangyayaring naging isang kadahilanan sa pangangalaga niya sa pagsasagawa ng ṣalāh.

Mamimili ka ng magsasagawa ng pagbasa sa mga kaklase ng pangyayari sa kanya at paghahayag ng opinyon nila rito, kasama ng pagbibigay-katwiran.

Ang pagpuna ng tagapagturo at mag-uulit-ulit siya ng usapin sa kanila.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw ng Kainaman ng Ṣalāh at mga Kundisyon ng Pagsasakatotohanan ng Kainamang Ito.

Numero ng Layon 2, 4

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na kinapapalooban ng sumusunod na aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos mamimili ka ng pinakamainam sa mga sagot at maglalahad ka ng mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa Panganib ng Pagwaksi sa Ṣalāh o Pagwawalang-bahala Rito sa Pagsasagawa Nito.

Numero ng Layon 3

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagpapatulong sa isa sa mga kaparaanan ng pag-alam sa sagot sa aktibidad sa bahay,

pagkatapos ay ang pakikipagtalakayan sa kanila sa pagsagot nila sa sandali ng darating na pagkikita para sa pag-alam sa tama, pagsuporta sa sinumang tatama, at pagtatasa sa nagkakamali.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo sa mga estudyante ang bawat sangkap mula sa mga sangkap na nasasaad dito, nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagtumpak ng parirala, mag-aangat ang mag-aaral ng kamay niya pataas. Tasahin mo ang mga sagot ng mga estudyante, habang tumitigil kasama nila sa mga pariralang mali at tama.

PANUTO 1: - - .

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang mag-isa sa ikalawang tanong. Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito, kung saan magtutumpak ang bawat isa sa kanilang dalawa sa sagot ng isa, kasabay ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

Magtala ka sa pisara ng pariralang nasasaad sa ikatlong tanong. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para magtulungan sa pagsulat ng tatlong linya tungkol sa katayuan ng ṣalāh at pagpapahalaga nila rito. Magkomentaryo ka sa isinulat nila at suportahan mo ang pinakamainam.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagsisigasig sa ṣalāh at pagpapaibig sa mag-anak at mga kaibigan sa pagsasagawa nito.

Ang paghimok sa mga estudyante sa paglahok sa paghahanda ng isang poster na kinapapalooban ng ilan sa mga panganib ng pagwaksi sa ṣalāh o pagwawalang-bahala rito.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang kahubaran - ang kataimtiman - ang upong tawarruk).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo: (Ang Pagsasadula ng Papel (Role Playing) - Ang

Pagkatutong Kooperatibo - Ang Istilo ng Simetriya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng Kataimtiman sa Ṣalāh.

* Ang Paggunita sa Puso ng Kadakilaan ni Allāh.

* Ang Pag-iwas sa mga Kamaliang Baka Magaganap sa Ṣalāh.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpabatid ka sa mga estudyante na ang mga tagapagsagawa ng ṣalāh ay nagkakaiba-iba sa pamamaraang ng pagsasagawa ng ṣalāh. Marahil kabilang sa mga kadahilanan niyon ang kawalan ng pagkatuto sa tumpak na paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh. Kaya pagbulay-bulayan mo nang maigi ang araling ito upang maipatupad mo ang paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh na nasasaad dito.

Pagkatapos isusulat mo sa pisara ang pamagat.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang Numero 1

Ayon sa liwanag ng pagkakaalam ng mga estudyante sa pamagat ng aralin at layon dito,

hilingin mo sa kanila ang maglahad ng mga inaasahan nila hinggil sa mga sangkap at mga ideya na maaaring maipaloob dito.

Pakaalamin mo ang ihahain nila na mga pagtugon at itala mo sa pisara ang naiiba sa mga ito.

Hakbang Numero 2

Gamitin mo ang istilo ng pagsasadula ng papel (role playing) at hilingin mo sa isa sa mga estudyante ang pagsasadula ng isa sa mga rak`ah ng šalāh, kasama ng pagtatasa ng natitira sa mga kaklase niya sa pagkaganap niya. Pagkatapos magsagawa ka ng pagkomentaryo roon.

Hakbang Numero 3

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng mga sumusunod na senaryo. Sa pamamagitan simetriya, magsasagawa siya ng pakikipagtalakayan sa kanila kaugnay sa mga ito para takdaang ang natutumbasan ng bawat senaryo kabilang sa mga senaryo na tumpak na pamamaraan ng pagsasagawa ng šalāh. Gawin mo iyon na isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila sa kapuspusan ng pamamaraang iyon.

Nagmamadali ang isa sa mga tagapagsagawa ng šalāh sa šalāh niya dahil sa katwiran ng pagkaabala sa trabaho.

May isang taong hindi nagpababa ng likod sa sandali ng pagyukod sa ṣalāh.

May isang tao na hindi naglalagay ng noo niya sa lapag sa sandali ng pagyukod sa ṣalāh.

Si Aḥmad ay nagpapamalagi sa pagsasagawa ng ṣalāh subalit siya ay bumibigkas nang mabilis nang walang pagnilay-nilay sa Qur'ān at mga dhikr.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante upang magbigay-linaw ang bawat isa sa kanila ng napag-alaman niya nang daglian tungkol sa paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh, kasama ng pagbibigay ng halimbawang nauugnay sa paraang iyon, pagkatapos magbibigay siya ng pagkakataon sa mga estudyante para magkomentaryo sa mga sagot ng ilan sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagsasagawa ng Ṣalāh sa isang tumpak na pamamaraan. Numero ng Layon 4

Maaari sa iyo na humiling sa mga estudyante na mamukod-tangi ang bawat isa sa kanila sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa bahay kasama ng pamilya niya at itatala niya ang naisagawa. Pagkatapos ilalahad sa iyo ang mga sagot sa darating na pagkikita at ang pagtatalakay rito kasama nila at magbibigay ka naman ng isang premyo sa nagpakamalikhain at magpaparangal ka sa kanya sa harapan ng mga kaklase.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa Paraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh.

Numero ng Layon 1

Ilahad mo sa mga estudyante ang marangal na ḥadīth na nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng display screen. Mamili ka ng isa sa mga mahusay para magbasa nito, pagkatapos talakayin mo sa kanila ang mga bokabularyo nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at paghango ng iginagabay nito.

Talakayin mo ang mga tanong ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Makipagtalakayan ka sa sagot dito kasama ng mga estudyante para ipakilala sa kanila ang tumpak na pagsagot, sa kundisyon na magtala nito ang bawat isa sa kanila sa kuwaderno niya at magpanuto siya sa mga tagapagtaglay ng sagot sa paglalathala ng mga ito sa mga social media.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagtatama sa mga Kamalian ng Pagsasagawa ng Şalāh.

Numero ng Layon 2

Magtatala ang tagapagturo ng bawat sitwasyon kabilang sa mga sitwasyong nasasaad sa aktibidad sa isang kard na pampagtuturo. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante kung saan mamimili naman ang bawat isa sa kanila ng isa sa mga kard sa isang anyong pasapalaran para sa pagsagot sa sitwasyong napalolob sa mga ito. Mamimili siya ng isang mag-aaral para magtasa sa pagsagot ng kaklase nito, kasabay ng pagsubaybay ng tagapagturo at pagpapanuto nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo, kung saan magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa mga aklat nila, kung saan sasagot ang bawat kaanib sa isa sa mga tanong at magsusubaybay sa mga kaklase niya.

Subaybayan mo ang pagganap ng mga grupo para magpapakatiyak sa paglahok ng lahat sa pagsagot at pagtatasa.

Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at itumpak mo ang mga ito. Pagkatapos takda mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at iukol mo ang papuri sa mga kaanib ng grupo. Hilingin mo sa kanila na subaybayan ang pagtutumpak ng mga kamalian ng mga grupo na nagkamali.

PANUTO 1: - - - - .

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa pag-iwas sa mga kamalian sa pagsasagawa ng ṣalāh na maaaring masaksihan nila mula sa mga nakapaligid sa kanila, kasabay ng pagpapakilala sa mga individuwal na ito ng tumpak na pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh.

Ang paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagganap ng ṣalāh at kataimtiman dito.

Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Kaasalan

Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa sa Pagkain at Pag-inom

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Mga Larawang Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Pagpapatupad na Pambuhay - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Pagtatala ng mga Puna).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsigasig sa Pagpapatupad sa mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom.

- Ang Pagsasadamdamin sa Kahalagahan ng Pagpapamalagi ng Pagsambit ng mga Dhikr.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Papel ng Islām sa Pagmamalasakit sa Lahat ng mga Kalagayan ng Individuwal.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga pagpapatupad na pambuhay, maaari sa iyo na magtalaga sa bawat estudyante sa paglalahad ng mga etiketa na pagsisigasiyan niya sa sandali ng pagkain at pag-inom. Gawin mo ang bawat estudyante na maglahad ng dalawa mula sa mga etiketa. Magtawag-pansin ka sa kanila na sa pamamagitan ng pagsubaybay nila sa aralin, mapag-aalaman nila ang isang higit na malaking bilang ng mga etiketa.

Ipaliwanag mo sa mga estudyante ang pamagat ng aralin at itala mo ito sa pisara.

* Ang mga Hakbang ng Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng ilan sa mga larawang pampagtuturo na nakikisalungatan sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom. Halimbawa: (Mga Larawan ng Taong Kumakain Habang ang Kamay Niya ay Hindi Malinis - Isang Larawan ng Taong Kumakain sa Pamamagitan ng Kaliwang Kamay - Isang Larawan ng Taong Umihip sa Pagkain).

Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila kaugnay sa mga ito. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom at mga gawaing sinasaway, kasama ng pagbanggit sa mga patunay na pangkapahayagang

nauugnay sa mga ito at pagpapakahulugan sa mga ito.

Hakbang 2

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante kaugnay sa mga kamalian na kinasasadlakan ng ilan sa pagpapatupad ng mga etiketa ng pagkain at pag-inom.

Pagkatapos talakayin mo sa kanila ang mga gawaing sinasaway sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom, kasama ng pagbibigay-patunay sa mga ito sa pamamagitan ng mga magkakaibang tekstong pangkapahayagan.

* Ang Paghuhulo

Maaari sa iyo na magpatulong sa istilo ng pagtatala ng mga puna. Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagtatala ng mga puna niya hinggil sa aralin sa aklat niya, sa kundisyon na magsama ang mga punang iyon ng paglalagay ng mga guhit sa ilalim ng mga pamagat at mga pangunahing ideya. Ang pagtatala ng isang bilang ng mga tanong ay magliliwanag ang pagsagot sa mga ito sa pamamagitan ng nilalaman at pagtatakda sa pinakamahalaga sa mga paghuhulo na napag-alaman mula sa aralin. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng itinala nila, habang nagkakaloob sa kanila ng pagsuportang nababagay.

*** Ang mga Aktibidad:**

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Etiketa ng Pagkain.

Numero ng Layon 1

Iminumungkahi na magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagganap sa unang aktibidad nang nagsosolo. Makikipagpalitan ang bawat isa sa kanila ng sagot niya sa iba para magsiyasat sa mga ito at mapag-alaman ang saklaw ng pagkakasang-ayon o pagkakaiba ng mga ito. Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga komentaryo nila sa mga pagtugon ng mga kaklase nila at saklaw ng pagkakawangisan nila o pagkakaibahan nila sa mga ito at nahinuha nila mula sa mga iyon. Suportahan mo ang pinakamainam sa mga pagtugon.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Paghango ng mga Etiketa ng Pagkain mula sa mga video clip.

Numero ng Layon 3

Paghahati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo. Hihilingin mo sa kanila ang pag-upo sa

isang anyo ng mga umpukan (halaqah). Ang bawat umpukan ay makikipagtulungan sa pagsagot sa ikalawang aktibidad. Magtatakda ka sa bawat grupo ng isa sa mga kaanib nito upang maghayag ng nahantong ng grupo niya. Kung naisagawa ang pagsang-ayon doon sa panig ng lahat, itatala ito sa pisara sa pamamagitan ng isa sa mga estudyante. Ang nangyaring pagkakaibahan doon ay mangyayari naman ang pagtatalakayan hinggil dito sa harapan mo at sa ilalim ng pangangasiwa, nang sa gayon maisagawa ang paghantong sa tama at ang pagtatala rito sa pisara.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pampares, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Paghahanda ng Programang Pampagtuturo Para sa Pagsunod sa mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom.

Numero ng Layon 4

Iminumungkahi na magpanuto ka sa bawat dalawa sa mga estudyante para magtulungan sa pagganap ng ikatlong aktibidad. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila upang mapaglinawan mo ang saklaw ng pagtutulongan nila at kaseryosohan nila sa pagsagot.

Mamili ka ng bawat dalawang pangkat mula sa mga estudyante para maglahad ng mga pagsagot ng dalawang ito, kasama ng paghahambing sa

pagitan ng dalawang ito at pagtatakda ng pinakaeksaktong pangkat sa pagsagot.

Bigyan mo ang pagkatig na nababagay sa pinakamainam na pangkat sa pagsagot at ipagkaloob mo rito ang taguring "Ang Tagapangunang Pangkat". Hilingin mo rito na subaybayan ang natitira sa pangkat sa pagtatama ng mga pagsagot nila at pagwawasto ng mga ito.

* Ang (Assessment):

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Hilingin mo sa mga estudyante na sumagot ang bawat isa sa kanila nang magkahiwalay sa mga tanong sa isang anyong nagsosolo.

Tipunin mo ang mga sagot mula sa mga estudyante, pagkatapos ipanuto mo sa kanila ang mga tanong nang pasalita upang magsagawa sila ng paglutas sa mga ito at magbigay ka sa kanila ng pagsuportang nababagay.

Magsagawa ng pagtutumpak ng mga sagot at ilagay mo ang gradong nababagay sa bawat tanong.

Takdaan mo ang pinakamataas na estudyante sa grado at ibigay mo sa kanya ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO: ($\sqrt{\quad}$) - ($\times$) - ($\times$).

PANUTO 2: (Ang Sinasaway) - (Ang mga Bagay na Sinasaway) - (Pinapayagan).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Mag-udyok ka sa mga estudyante sa pagsunod sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom at pagpapatupad ng mga ito sa tumpak na porma, kasama ng pagpapamalagi sa pagsambit ng mga dhikr, pagtatangka ng pagpapalaganap ng mga etiketang iyon, at pagpapakilala ng mga ito sa balangkas ng pamilya at lipunan.

Ang pakikipagharap sa mga pag-uugali, na nakikipagsalungatan sa mga etiketa na naisagawang mapag-alaman sa aralin, sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga tagapagtaglay ng mga ito sa mga pagkakahayag ng kamalian at mga pagkukulang sa mga ito at sa pamamaraan ng paglunas sa mga ito, o sa paggawa ng isang baner na maaaring ilagay sa mga lugar na makikita at masusubaybayan ng mga individuwal na ito, upang matuklasan nila ang mga ito, mapag-alaman nila ang mga kamalian nila sa

pamamagitan ng mga sarili nila, at maitama nila ang mga ito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (pumapasok ako - magparamdam kayo - higit na busilak - tatlong [sandali ng] kahubaran).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Tekstong Pangrelihiyon - Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Introduksiyong Pakuwento - Ang Pagtuturong Palitan (Mutual) - "Ang Prognosis - Ang Pagtatanung-tanong - Ang Pagpapaliwanag - Ang Pagbubuod" - Ang Pag-uusisa).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin sa Kainaman ng Pananampalataya sa Huling Araw.

- Ang Pagsasadamdamin sa Kahalagahan ng Pananampalataya sa Huling Araw.

- Ang Pagmamamarangal sa Kahalagahan ng mga Etiketa ng Pagpapaalam sa Pag-angat sa Lipunan.

- Ang Pagsisiglas sa Pagpapaalam Bago Pumasok sa Kinaroroonan ng mga Ibang Tao

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryong pangkuwento at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila rito. Magkomentaryo ka sa mga pagtugon nila: (Umalis si Aliy para dumalaw kay Khālid sa bahay nito. Pinatunog niya ang doorbell nang makailang ulit, ngunit walang sumagot na isa man. Kaya umuwi si Aliy na galit. Noong nakaharap niya si Khālid, sinumbatan niya ito sa hindi pagbukas ng pinto sa kanya. Kaya naman nagpabatid sa kanya si Khālid na ang bahay ay hindi nababagay para sa malugod na pagsalubong sa kanya. Sa opinyon mo, taglay ba ni `Aliy ang karapatan para magalit at manisi?)

Banggitin mo sa mga estudyante ang pamagat ng aralin at itala mo ito sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Sa liwanag ng pagkakaalam ng mga estudyante sa paksa ng aralin. Hilingin mo sa kanila na magsagawa ng prognosis sa mga sangkap na maaaring nilalaman nito at itala mo ang mga pagtugon nila sa pisara. Pagkatapos

maglahad ka sa kanila ng isang poster na naglalaman ng mga sangkap na pangkalahatan at pangsangay para sa aralin upang magbulay-bulay sila sa mga ito at maghambing sa mga pagtugon nila sa nakalahad sa poster.

Hakbang 2

Magtatalaga ang tagapagturo sa bawat dalawa sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagbibigay ng mga tanong na nauugnay sa aralin, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito maaaring mapaglinawan ang mga sangkap nito at ang mga nilalaman nito. Pakaalamin mo ang mga tanong ng bawat pangkat, ulitin mo ang pagkakabalangkas ng mga ito, at itala mo ang mga ito sa pisara bilang pagpapasimula para sa pagtalakay sa mga ito sa kanila at pagbibigay-linaw sa mga magkakaibang sangkap ng aralin. Maaaring pagyamanin ang mga ito sa pamamagitan ng ilang tanong mula sa panig mo para maggarantiya sa pagkasaklaw ng mga tanong sa lahat ng mga sangkap. Maaari sa iyo ang magpagabay sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:

PANUTO: Ipaliwanag mo ang kahatulan sa pagpapaalam.

PANUTO: Isinabatas ni Allāh ang pagpaalam alang-alang sa (Kumpletuhin).

PANUTO: Nagsabatas si Allāh ng isang bilang ng mga etiketa para sa pagsasakatotohan ng layon ng pagpaalam. Banggitin mo ito.

PANUTO: Bigyang-linaw mo ang kalikasan ng pagpaalam ng mga bata sa mga bahay.

PANUTO: Banggitin mo ang tatlong [sandali ng] kahubaran. Bakit isinabatas ni Allāh ang pagpaalam sa tatlong ito?

Hakbang 3

Tatalakay ang tagapagturo sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga naunang tanong, kasama ng pagsisiglas sa paglalahad ng mga tekstong nauugnay sa mga ito, maging sa pamamagitan ng audio medium o sa pamamagitan ng pagpapatulong sa display screen. Magtatalaga siya sa mga estudyante sa pagbasa sa mga ito at makikipagtalakayan siya kasama nila kaugnay sa ipinahihiwatig ng mga ito upang mahulo nila ang layon sa mga ito at ang mga panuto ng mga ito.

* Ang Paghuhulo

Para sa pagsasakatotohanan sa ikaapat na yugto ng estratehiya ng pagtuturong palitan (mutual) at nauugnay sa pagbubuo, magtatalaga ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsulat ng isang parapong naglalaman ng pinakamahalaga sa mga panuto na napag-alaman nila mula sa aralin at papel nila tungo sa pagkaalam sa mga ito.

Mamimili siya ng ilan sa kanila para magbasa sa mga kaklase nila ng isinulat nila, kasama ng pagpapalakas-loob sa pamamagitan ng pagkatig na nababagay.

*** Ang mga Aktibidad:**

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag sa mga Katiwaliang Naireresulta sa Pagwaksi ng Pagpapaalam at Pagmumungkahi ng mga Kaparaanan ng Pagpapalaganap ng mga Etiketa ng Pagpapaalam.

Numero ng Layon 2, 4

Maaari sa iyo na magpanuto sa bawat estudyante sa pagtugon sa aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa tumpak na paghuhulo para sa unang sangkap sa pamamagitan ng pagrepaso nila sa kainaman ng pagpapaalam at gayon din ng pagpapagana ng mga malikhaing kakayahan nila sa paghahain ng pinakamalaking bilang ng mga mungkahing maisasailalim sa pagpapatupad para sa pagpapalaganap ng mga etiketa ng pagpapaalam.

Mamili ka ng tatlo sa mga estudyante para maglahad ng mga pagsagot nila, kasama ng

paghahambing sa pagitan nila, pagtatakda ng pinakamainam sa mga pagsagot, pagbibigay-katwiran para rito, at pagpapanuto sa lahat para pagpapatnubay sa pamamagitan ng mga ito.

Ang Pagkakita sa mga `Awrah ng mga Ibang Tao.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghantong sa Kasanhian ng Pagsasabatas ng Pagpapaalam.

Numero ng Layon 5

Minamagaling na magpanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante para sa pagsasaliksik at pagsusuri para sa paghantong sa pagsagot sa ikalawang aktibidad. Magsusubaybay siya sa mga pagganap ng mga estudyante, magpapalakas-loob siya sa pagsasaliksik nila at pagsangguni nila sa mga magkakaibang reperensiya, at magpapalakas-loob siya sa kanila sa pagpapalitan ng mga kadalubhasaan nila, kasama ng pagpapakilala sa lahat sa mga tumpak na sagot.

* Ang (Assessment):

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga grupo. Hilingin mo sa bawat grupo na

magtulungan sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa aklat sa isang kard na nakahiwalay, sa kundisyon na sumagot ang bawat individuwal sa loob ng grupo sa isa sa mga tanong, magsubaybay sa kanya ang mga kaklase niya, at magpanuto sila sa kanya.

Tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at itumpak mo ang mga ito.

Ibigay mo ang mga tanong sa mga estudyante at salubungin mo ang mga pagsagot nila, habang ipinapaliwanag sa kanila ang pagkakaiba sa pagitan ng sagot na ibinigay at sagot ng bawat grupo.

Takdaan mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at suportahan mo ang pagganap ng mga kaanib nito.

PANUTO 1:

PANUTO 2: (Ang Paglisan). (Ang `Ishā'). (Ang Pangangalaga sa mga `Awrah ng Mag-anak).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magsusuri ang bawat estudyante sa reyalidad ng mga kaanib ng pamilya niya upang

mapaglinawan ang saklaw ng pagsasaalang-alang nila at pagpapatupad nila sa mga etiketa ng pagpapaalam. Makikipagtalakayan siya kasama sa kanila hinggil sa natatagpuan niya na mga aspeto ng mga pagkukulang sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng natutuhan niya mula sa aralin upang magwasto sila ng mga aspetong iyon at magbago ng mga ito.

Magtatangka ang mga mag-aaral ng pagpapatupad sa mga mungkahi na nahantungan nila sa pamamagitan ng aralin para sa pagpapatupad ng mga etiketa ng pagpapaalam sa lipunan. Maaari sa kanila na dumulog sa pagpapatupad niyon sa ilan sa mga individuwal na may espesyalisasyon, na makaaalalay sa kanila, tulad ng imām ng masjid o ng mga may impluwensiya sa mga pamilya at mga angkan.

Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Etiketa ng at Pagtitipon

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Pagpapalaganap ng Pagbati - Ang Panlilibak - Ang Tsismis - Mag-uusapan Nang Palihim - Ang Pagpapaluwang).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito ang Ilan sa mga Tekstong Pangkapahayagan).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo (Deductive Method) - Ang mga Mapang Pang-isip (Mental Map) - Ang mga Learning Circle - Ang Tatsulok ng Pakikinig - Ang Pagsasadula ng Papel (Role Playing)).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- * Ang Pangangalaga sa mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon.

- * Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon sa Pag-angat sa Lipunan.

- * Ang Pagmamangal sa Kainaman ng Pagpapalaganap ng Pagbati.

- * Ang Pagsisigasig sa Pag-iwas sa mga Pagtitipon sa Bawal na Paglilibang.

- * Ang Pagpapasimula Para sa Aralin

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pag-aanalisa sa mga punto ng pananaw, maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng sumusunod

na senaryo. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng opinyon nila rito: (Nagsisimula ang ilan sa mga tao ng mga pagtitipon nila at nagtatapos sila ng mga ito nang walang pagsasaalang-alang sa mga etiketa ng mga pagtitipon. Ito ay sumasalungat sa patnubay ng Islām.)

Salubungin mo ang mga pagsagot nila habang nagkokomentaryo sa mga ito at habang nagpapaliwanag sa kanila na sa pamamagitan ng pagsubaybay nila sa aralin mapag-aalaman nila ang mga etiketa ng pakikipag-usap at pagtitipon. Pagkatapos ipakilala mo sa mga estudyante ang pamagat ng aralin at itala mo ito sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Iminumungkahi na maglahad ka sa mga estudyante ng isang mental map na naglalaman ng mga sangkap ng aralin. Hilingin mo sa kanila na pagbulay-bulayan ang mga ito at buklatin ang nilalaman ng aralin sa loob ng ilang minuto upang makapagbigay ang bawat estudyante ng tatlong pagtatanung-tanong hinggil sa ninanais niyang mapag-alaman mula sa aralin. Salubungin mo ang mga tanong ng mga estudyante at itala mo ang mga ito sa pisara.

Hakbang 2

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng mga patunay na pangkapahayagan na nauugnay sa mga etiketa ng pakikipag-usap. Talakayin mo ang bawat patunay nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan, pagpapaliwanag, at pagbibigay-linaw. Pagkatapos hilingin mo sa kanila ang maghulo ng kainaman ng mga etiketa ng pakikipag-usap mula sa bawat patunay, sa kundisyon na maisagawa ang paghahambing sa mga pagtugon nila sa nasasaad sa nilalaman ng aralin.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng mga learning circle, maaaring maupo ang mga mag-aaral sa isang pormang bilog upang mag-isip sila sa isang anyong pampakikilahok at humantong sila sa mga etiketa ng pagtitipon, na kinakailangan sa Muslim ang sumunod sa mga ito. Tatayo ang tagapagturo sa kalagitnaan ng bilog at malugod siyang tatanggap ng mga pagsagot nila, habang nagkakatig sa tumpak sa mga ito sa pamamagitan ng patunay na pangkapahayagan at habang nagpapanuto sa kamalian sa pagpapakilala sa kanila ng mga etiketa na nagkakasama-sama.

* Ang Paghuhulo

Maaari sa iyo na magpanuto sa bawat estudyante sa pagsagot sa tatlong tanong na

nagsagawa siya ng pagbibigay ng mga ito sa unang hakbang ng aralin, sa kundisyon na mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga tanong at mga pagsagot nila, at maglinaw ka sa saklaw ng kaeksaktuhan nila, pagsusumikap nila, at pagkaunawa nila sa naisagawang matutuhan.

*** Ang mga Aktibidad:**

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagtatakda ng mga Antas ng Pagpapaabot ng Pagbati at Gantimpala sa Bawat Antas. Numero ng Layon 1

Maaari sa tagapagturo na magpatulong sa estratehiya ng tatsulok ng pakikinig, kung saang paghahati-hatiin niya ang mga estudyante sa mga grupo, na ang bawat grupo ay binubo ng tatlo.

Magsasagawa ang unang mag-aaral ng pagbibigay-linaw sa aktibidad at hinihiling dito. Makikinig ang ikalawang mag-aaral nang maigi at magbibigay siya ng mga tanong sa unang mag-aaral para sa karagdagan sa pagdedetalye hinggil sa aktibidad at pagliliwanag ng ideya niya. Hinggil naman sa ikatlong mag-aaral, magmamasid siya sa pagganap ng dalawang kaklase niya, magbibigay siya ng feedback sa kanilang dalawa, magtatangka siya na magwasto sa pagganap nilang dalawa, at

magsusulat siya ng nangyayari sa pagitan ng mga estudyante para ibigay ito sa tagapagturo.

Magsusubaybay ang tagapagturo sa mga pagganap ng mga grupo. Magbabasa siya ng naisagawa ang pagtatala sa pamamagitan ng bawat grupo at ng pagsagot na naisagawa ang paghantong dito, habang nagkokomentaryo sa lahat at habang nagpapanuto sa nagkakamali para magpabago sa pagganap niya at magwasto rito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghahalaga sa Ilan sa mga Pag-uugaling Mali na Nauugnay sa mga Pagtitipon. Numero ng Layon 3, 4

Maaari sa iyo na pumili ng apat sa mga estudyante upang magsadula ng mga senaryong nasasaad sa aktibidad sa harap ng mga kaklase nila.

Mamili ka ng dalawang iba pa para magtalakay sa punto ng pananaw nila hinggil sa nauugnay sa mga senaryo at payo na ibibigay nila rito.

Magkaloob ka ng papuri sa sinumang nakasagot ng isang tumpak na sagot at magbigay ka ng payo alinsunod sa natutuhan niya mula sa aralin.

*** Ang Pagtatasa (Assessment):**

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng

pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magtutulungan ang bawat dalawa sa mga estudyante sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong. Daraan ang tagapagturo sa kanila upang pakaalaman ang mga sagot nila at mamimili siya ng pinakamainam na pangkat sa pagsagot upang basahin nito ang tumpak na sagot sa mga kaklase nila, upang magtama ang bawat pangkat ng kamalian nito.

PANUTO 1: ...

Magtutulungan ang mga kaanib ng bawat grupo sa pagsagot sa ikatlong tanong, sa kundisyon na sumagot ang bawat kaanib ng grupo sa isa sa mga tanong at magsubaybay sa kanya ang mga kaklase niya. Magsagawa ka ng pagdaan sa mga grupo upang mapag-alaman ang mga pagsagot nila, habang nagtatakda ng pinakamainam na grupo sa pagsagot, kung saan maglalahad sila sa mga kaklase nila ng mga sagot nila.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapatupad ng mga etiketa ng pag-uusap at pagtitipon na napag-alaman nila sa pamamagitan ng aralin sa isang tumpak na porma at ang pagsusumikap sa pagpapalaganap ng mga ito at pagpapakilala sa mga ito sa gitna ng mga nakapaligid sa kanila upang makakaya sila sa pagpapatupad ng mga ito rin.

Ang pag-iwas sa mga gawain at mga pag-uugali na nakikipagsalungatan sa pinagtibay ng Batas ng Islām gaya ng mga anyo ng mga etiketa ng pagbati at mga pagtitipon; at ang pagtatangka ng pag-alam nang higit sa mga patunay na pangkapahayagang nauugnay sa mga etiketang iyon, sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiya ng elektronikong paghahanap, mga aklat ng Islām, at mga alagad ng kaalaman.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Kapalaluan - Ang Pagmamalaki).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo: (Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Paglutas ng mga Suliranin - Ang Relationships Network Analysis - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo - Ang Pahaka-hakang Pag-iisip (Hypothetical Thinking) - Ang mga Personal Link).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- * Ang Pagsisigasig sa Pagpapatupad ng mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan.

- * Ang Pagmamamarangal sa Reliyong Islām na Nag-aanyaya Tungo sa Kalinisan.

- * Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng Personal na Kalinisan.

- * Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo, hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng opinyon nila, salubungin mo ang mga pagtugon nila, pagkatapos linawin mo sa kanila na sila ay makapag-aalam sa sagot sa pamamagitan ng aralin:

(Pumasok ang isang bata sa palikuran para tumugon sa tawag ng kalikasan. Nang narinig niya ang adhān, inulit-ulit niya ito kasabay ng mu'adhdhin.)

Ipaalam mo sa mga estudyante ang mga layon ng aralin at ang pamagat nito at isulat mo ito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Maaari sa iyo na magdibuho sa pisara ng isang porma ng mga parte ng mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan. Hilingin mo sa mga estudyante ang magbulay-bulay rito at ang maglinaw ng taglay nila na naunang pagkakaalam sa mga etiketang iyon para sa pagpapasimula mula sa mga ito sa pagbibigay-linaw sa aralin.

Hakbang 2

Maaaring magtala sa isang kard ang tagapagturo ng bawat senaryo kabilang sa mga sumusunod na senaryo. Ang mga ito ay mga senaryo na nagdadala ng mga positibong halimbawa at mga negatibong halimbawa para sa mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan. Ipamamahagi niya ang mga kard sa mga estudyante, kung saan magbabasa ang bawat estudyante ng isa sa mga senaryo, habang naglalahad ng opinyon niya rito. Makikipagtalakayan ang tagapagturo kaugnay sa mga pagtugon nila, habang nagbibigay-diin sa mga tumpak na etiketa at nagtatama ng kamalian mula sa mga ito.

May isang taong pumasok sa palikuran habang may dala siyang Muṣḥaf.

May isang lalaking bumanggit kay Allāh habang siya ay nasa loob ng palikuran.

May isang taong tumugon sa tawag ng kalikasan niya sa daluyan ng tubig.

Gumamit ang isang tao ng kaliwang kamay niya sa paglilinis ng dumi sa sarili.

Iniwang hindi malinis ng isang tao ang lugar ng pagtugon ng tawag ng kalikasan.

Hakbang 3

Maglalahad ang tagapagturo ng isang poster na naglalaman ng isang schematic network na naglalahad ng mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng pangangailangan nang detalyado, kasama ng pagbubulay-bulay ng mga estudyante, pagbabasa nila ng mga ito, at paghahambing ng nilalaman nito na mga etiketa sa naisagawang maipaliwanag sa naunang hakbang.

* Ang Paghuhulo

Hihiling ang tagapagturo sa bawat estudyante na bumanggit ng isa sa mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng pangangailangan na napag-alaman niya mula sa aralin, sa kundisyon na magsimula sa unang aralin sa pamamagitan ng pagbanggit ng unang etiketa mula sa mga etiketa at bumanggit

ang mga kaklase niya ng mga etiketa ayon sa pagkakasunud-sunod, sa kundisyon na hindi mag-ulit ang alinman sa kanila ng binanggit ng mga kaklase niya.

Hihiling ang tagapagturo mula sa bawat estudyante na magbulay-bulay sa nibel ng sigasig niya sa mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan, pagkatapos magtakda ng hindi niya naisasagawa kabilang sa mga ito upang magtika siya sa pagpapamalagi nito.

*** Ang mga Aktibidad:**

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng mga pagkakahayag ng pagpaparangal sa tao sa pamamagitan ng mga etiketa ng pagpasok sa palikuran. Numero ng Layon 1, 3

Maaaring maglahad ang tagapagturo ng video clip, pagkatapos mamimili siya ng ilan sa mga estudyante, kung saan magpapaliwanag ng mga pagkakahayag ng pagpaparangal sa tao sa pamamagitan ng mga etiketa ng pagpasok sa palikuran.

Hihiling ang tagapagturo sa isa pang mag-aaral na maghalaga sa pagtugon ng kasamahan niya ayon sa liwanag ng natutuhan niya sa aralin.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Panggrupo, Paglilinaw ng Resultang Inaasahan sa Paggawa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan.

Numero ng Layon 3, 4

Itatala ng tagapagturo ang mga parirala ng aktibidad sa mga kard at ipamamahagi niya ang mga ito sa mga estudyante sa anyong pasapalaran, pagkatapos babanggitin niya sa mga estudyante ang mga senaryo ng pagtugon sa tawag ng kalikasan na nasasaad sa aktibidad nang magkakasunud-sunod, kung saan mag-iisip ang bawat estudyante kaugnay sa resultang ibinubunga ng senaryo, tatakdaan niya, ang kard na sumasang-ayon doon, at iaangat niya ito pataas.

Magsusubaybay ang tagapagturo sa mga pagtugon ng mga estudyante. Ang nagkamali sa kanila ay aalisan ng kard at magsusubaybay sa mga kaklase niya. Iyon ay matapos ng pagpapaalam niya ng tumpak na sagot.

* Ang Pagtatasa (Assessment):

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng

pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbangin:

Sasagot ang bawat estudyante sa mga tanong na napalolob sa aklat niya sa isang anyong nagsosolo.

Titipunin ng tagapagturo ang mga sagot ng mga estudyante at tatasahin niya ang mga ito, habang nagkakalob sa bawat isa sa kanila ng gradong nababagay, at tatakdaan niya ang pinakamataas sa mga estudyante sa grado.

Ipamamahagi ng tagapagturo ang mga sagot ng mga estudyante sa kanila sa isa pang pagkakataon. Magkokomentaryo siya sa kinasadlanan nila na mga mali at magpapatid siya sa kanila ng pamamaraan ng pagtatama sa mga ito, kung saan magtutumpak ang bawat estudyante ng maling pagsagot niya.

PANUTO 1: (Ang Punong-kahoy na Namumunga - Bawal - Ang Kahubaran - Ang Qur'ān).

PANUTO 3:

- Inaalis ko ang najāsah matapos ng pagtugon sa tawag ng kalikasan sa pamamagitan ng kaliwang kamay ko.

- Sinasabi ko matapos ng paglabas ko ng palikuran: "Ghufrānak (Humihingi ako ng kapatawaran Mo)."

- Hindi ko inuulit-ulit ang adhān kapag narinig ko ito habang ako ay tumutugon sa tawag ng kalikasan ko.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila mula sa aralin at sa paghango ng katuturan mula rito sa pamamagitan ng:

Ang pagtutumpak ng bawat estudyante sa mga maling pag-uugali na nagagawa niya dati sa sandali ng pagtugon sa tawag ng pangangailangan.

Ang pagsisigasig ng bawat isa sa kanila sa pagpapatupad ng mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan, kasama ng pagtuturo sa mag-anak niya ng mga etiketang iyon para magpatupad ng mga ito at sumusunod sa mga ito.

Ang Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa

kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si Allāh:

﴿فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ ۚ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُمْ وَمَثْوَاكُمْ﴾

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.}

(Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-

kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawḍah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika.

Sa paghahangad ng pag-angat ng proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang BASAER para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga impormasyong ipinapasok ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan

ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap tayo ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad at ng mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na walang propeta matapos niya, si Muḥammad na anak ni `Abdullāh, sa mag-anak niya at mga Kasamahan niyang mga kaaya-ayang dalisay, at sa sinumang sumunod sa kanila sa

paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Kapatid kong tagapagturo, tunay na ang propesyon ng pagtuturo ay kabilang sa pinakamarangal sa mga propesyon sapagkat ito ay kabilang sa mga propesyon ng mga propeta at mga repormador. Mayroon itong isang malaking papel na ginagampanan sa pag-angat ng lipunan at Kalipunang Islāmiko.

Bilang pagbibigay-halaga sa malaking papel mo, naghahandog kami ng gabay na ito, na aalalay sa iyo sa pagganap sa gawain mo upang ang propesyon ng

pagtuturo ay pinakahigit sa pagbibigay-kasiyahan at pinakanamumukod sa resulta yayamang naglalaman ang gabay na ito ng isang plano para sa mga aralin sa naaangkop sa mga nibel ng mga estudyante at kapaligiran nila at nauugnay ito sa mga layon at mga pakay ng aklat ng estudyante at mga pamamaraan ng pagtuturo at pagtatasa.

Ang mga Nilalaman ng Aralin sa Gabay ng Tagapagturo

Naglaman nga ang mga pahina ng gabay na ito ng isang grupo ng mga sangkap sa bawat aralin, na kumakatawan sa pinakatampok sa mga aspeto ng saloobing pampagtuturo. Kabilang sa

pinakamahalaga sa mga elementong ito ang sumusunod:

A. Kuwadrado ng Datos

Nilalaman nito ang panahong iminumungkahi para sa aralin, ang mga bagong salitang ninanais matutuhan, ang mga materyal na pampagtuturo na ginagamit, at ang mga minamahalaga (value) at mga tunguhin (orientation) na pinoproseso ng aralin, at ang mga iminumungkahing estratehiya ng pagtuturo.

B. Ang mga Hakbang ng Pag-usad sa Aralin

Naglalaman ang mga sumusunod na hakbang ng:

1. Pagpapaumpisa Para sa Aralin. Sa pamamagitan ng paglalayon ng pag-akit sa pansin ng estudyante sa aralin, at sa pamamagitan ng isang bilang ng istilo na kabilang sa mga ito ay mga maikling tanong na naaangkop upang maging isang pambungad ng aralin, o isang makatotohanang kuwentong nauugnay sa aralin, o pag-uugnay ng aralin ngayon araw sa nagdaang aralin, o paggamit ng kaparaanang pampagtuturo.

2. Ang Paghuhulo (Deduction). Tinutukoy natin dito ang natatamo ng individuwal na mag-aaral na mga kaalaman, mga pagkaintindi, mga katotohanan, at mga patakarán matapos ng pag-aaral niya ng paksa. Naglaman nga ang patunay ng

mga inaasahan ng mga paghuhulo ng mga mag-aaral. Nararapat sa tagapagturo na magbigay-diin sa mga ito at magtagubilin sa mga mag-aaral ng pagsusulat ng mga ito sa mga kuwaderno nila.

3. Ang mga Aktibidad. Ipinakakahulugan natin dito ang pagpapaensayo sa individuwal na mag-aaral sa pagpapatupad sa natapos matutuhan niya at mahulo niya mula sa paksa ng inaral niya sa mga bagong sitwasyon sa pamamagitan ng pagganap sa mga aktibidad, na pinapakay sa likod ng mga ito ang pagpuno sa maaaring magiging mga kakulangan sa nilalaman ng aralin. Nararapat sa tagapagturo na humimok sa mga estudyante niya sa pagpapatupad sa mga aktibidad na ito sa ilalim ng pangangasiwa niya. Mapapansin na ang bawat aktibidad mula sa mga aktibidad na ito ay nauugnay sa isang tukoy na layon at nakikilahok sa pagsasakatotohanan nito. Nanawagan din kami sa mga tagapagturo na magpahalaga sa pagsasanay sa mga estudyante nila sa pamamaraan ng pagpapatupad at pagganap sa mga kaalaman na natutuhan nila mula sa mga aralin at sa pagganap sa mga ito nang praktikal.

4. Ang (Assessment). Naglalayon ito ng pagsukat sa saklaw ng naisakatotohanan sa mga layon ng aralin at hindi naisakatotohanan. Batay roon, mapapansin ang saklaw ng pagkakaugnay ng bawat isa sa mga tanong ng aralin sa isa sa mga layon nito. Naglaman nga ang gabay na ito ng ilan

sa mga sagot sa mga tanong ng mga aralin bilang pagpupunyagi sa panig namin sa pagpapayaman sa edukasyon ng tagapagturo.

5. Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon. Iyon ay para sa pagpapatupad sa pinakamahalaga sa natutuhan ng estudyante sa aralin at pagsasagawa nito sa pamilya niya at sa gitna ng mga kaibigan niya at lipunan niya.

Ang mga Pundasyon na Pang-edukasyon na Pinagbasehan ng Gabay na Ito

A. Ang mga Layon ng Metodo

Naisagawa ng pagbabalangkas ng mga layong pampamamalakad ng bawat aralin. Naisaalang-alang na sa pagbabalangkas ng mga layong ito:

- na ang mga ito ay maging isang aktuwal na salin ng mga kakayahan ng dokumento.

- na ang mga ito ay maging sarisari sa pagitan ng pampagkakaalam (cognitive), pang-emosyon, at pangkasanayan.

- na ang mga ito ay maging makatotohanan at nakakakaya sa pagsasakatotohanan at nababagay sa nibel ng mga estudyante.

- ang pag-uunti-unti sa mga nibel ng mga layong pampagkakaalam (cognitive): pagsasaalaala - pag-intindi - pagpapatupad - pag-aanalisa - pagbuo - pagtatasa.)

- pagpapatupad ng mga kundisyon ng pagbabalangkas ng mahusay na layon, kung saan naglalaman ito ng gawaing pampag-uugali na maaaring masukat at mapansin. Ang pagpokus ng layon sa paglalarawan sa pag-uugali ng mag-aaral at magtakda rito ng terminolohiya ng kadalubhasaan.

B. Ang Pagbuo ng Nilalaman at ang Pag-organisa Nito

Naisagawa ang pagbuo ng nilalaman ng kurikulum na ito alinsunod sa mga inilagay na layon ng aralin, ang pagsasalin nito para sa mga layong iyon sa isang aktuwal na salin, ang pag-aangkop nito sa mga kakayahang nilalaman ng dokumento, ang pag-aangkop nito sa nibel ng mga estudyante, ang pag-uunti-unti sa paglalahad ng nilalaman mula sa simple hanggang sa pinakamalalim, at ang pagpokus sa katapatan ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpapakatiyak sa katumpakan ng mga impormasyong inihahain dito, pagpapasaksi para rito sa mga āyah ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta sa paglalahad sa nilalaman, at pagbibigay-linaw sa mga mahirap na bokabularyo sa mga teksto ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta na napaloloob sa nilalaman, bilang pagpapadali para sa mga estudyante. Naisagawa rin ang pagsasaalang-alang sa pagsasadokumento sa mga āyah ng Qur'ān at pagsasakatunayan sa mga ḥadīth ng Propeta.

C. Ang Proseso ng mga Aktibidad na Pampagtuturo

Talaga ngang isinaalang-alang sa mga aktibidad na pampagtuturo ang isang bilang ng mga pamantayang kabilang sa mga ito:

- Ang pagsasaalang-alang sa ugnayan ng mga aktibidad sa mga layon ng aralin at pakikilahok ng mga ito sa pagsasakatotohanan sa mga layong iyon.

- Ang pagsasaalang-alang sa kalikasan ng estudyante sa pamamagitan ng pagganap niya sa mga aktibidad sa pangangasiwa ng tagapagturo niya at ng pakikipagtulungan niya kasama ng mga kaklase niya sa pagganap ng mga iba pang aktibidad.

Ang pagkasarisari sa mga aktibidad na pampagtuturo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga aktibidad na naririnig; mga aktibidad na nakasalig sa pag-uulit-ulit at paggaya sa tagapagturo; mga aktibidad na nauugnay sa pagtipon ng mga bagay na tagatulong tungkol sa paksang anuman; mga aktibidad na nauugnay sa pagbibigay-linaw, pagbubuod, pag-aakda, at muling pagbalangkas; mga aktibidad na nauugnay sa pagsasaulo at pakikinig; mga aktibidad ng pagsusunod-sunod; at mga aktibidad na pampagtutuos.

D. Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo, na Naglalaman ng Sumusunod:

- Ang aklat na pampaaralan at ang nilalaman nito na mga larawan at mga ehemplo.

- Ang mga malaking poster ng paglalahad na isinasabit sa silid-aralan.

- Mga tarheta (card) ng mga aktibidad ng mga grupo.

- Recorder.

E. Ang Pagkasarisari ng mga Istilo ng Pagtatasa

Talagang isinaalang-alang nga sa pagbalangkas ng mga tanong ng mga aralin ng nilalaman ang pag-uugnay nito sa mga layon ng aralin. Ang pagsasarisari sa pagbalangkas ng mga tanong na susukat sa aspetong pampagkakaalam (cognitive) sa pagitan ng mga tanong ng tama at mali, pag-uugnay ng magkapatres, pagpili mula sa marami, pagkumpleto, at pagsusunod-sunod. Naisagawa rin ang pagsalig sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at pangkasanayan sa pamamagitan ng pagtatangka ng paglipat ng mga pagkakaalam sa mga pag-uugaling susundin ng estudyante. Ninanais naming tukuyin na kabilang sa pinakamainam sa mga kaparaanan para sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at aspetong pangkasanayan ang istilo ng pagbibigay-pansin at pagsubaybay sa silid-aralan mula sa panig ng mga

tagapagturo at sa tahanan mula sa panig ng mga magulang.

F. Ang Estratehiya ng Pagtuturo

Heto, mahal kong tagapagturo, ang ilan sa mga paraan ng pagtuturo na ginamit sa gabay na ito upang ikaw ay maging nasa isang kamalayan sa mga ito, at sa mga hakbangin ng mga ito at mga hakbangin ng pagpapatupad sa mga ito.

1. Ang Pagkatutong Kooperatibo:

Ito ay isang paraan ng pagtuturo na nakasalalay ang ideya nito sa pagkatuto sa loob ng mga maliit na grupo ng estudyante (2-6 estudyante) sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga estudyante sa paggawa nang magkasama at aktibo, pag-alalay ng isa't isa sa kanila para sa pag-angat ng nibel ng bawat individuwal sa kanila at pagsasakatotohanan sa layong pampagtuturong komun. Naisasagawa ang paghahati ng gawain sa loob ng grupo kasabay ng pagtatakda sa isang pinuno ng bawat grupo. Ang pinuno ay susubaybay sa pagganap ng mga individuwal ng grupo niya, magtitipon ng mga pagtugon nila, at maglalahad nito sa tagapagturo.

2. Ang Brainstorming

Ito ay isang paraang nakasalalay sa pagganyak sa pag-iisip-isip at pagkamalikhain. Ginagamit ang brainstorming bilang isang istilo ng pag-iisip-isip

na panggrupo o pang-individuwal sa paglutas sa marami sa mga suliraning praktikal at pambuhay na nagkakaiba-iba, sa layuning madagdagan ang mga kakayahan at ang mga gawaing pang-isip. Humihiling iyon ng: paglalahad ng higit na malaking kantidad ng mga mungkahi o mga lunas o mga impormasyon, at pagsusuri sa mga ito alang-alang sa paghantong sa kalutasan o opinyong tumpak.

3. Ang Paraan ng Paglutas ng mga Suliranin:

Ito ay isang paraan na gumagamit dito ang tagapagturo ng mga pagkakaalam niya at mga kasanayan niya sa pananaig sa isang sitwasyon sa isang bagong anyo at hindi pamilyar sa kanya sa pagkontrol dito at pag-abot sa isang kalutasan para rito.

Naisasahalimbawa ang mga hakbang nito sa pagkaramdam sa suliranin: sa pagtatakda rito at pagtipon ng datos na nauugnay rito, saka pagmumungkahi ng mga kalutasan at pag-aaral sa mga ito para sa pagpili sa pinakamainam sa mga ito.

4. Ang mga Mapang Semantika (Semantic Maps):

Itinataguri sa mga ito ang mga mapang pangkaalaman (cognitive map), mga mapang pang-isip (mental map), mga mapa ng mga konsepto, at mga mapa ng mga impormasyon.

Nakasalalay ang mga ito sa pag-aanalisa ng paksa hanggang sa mga katiting nito at pagpapahayag nito sa pamamagitan ng mga dibuho at mga eskema na nag-aanyong mga hugis na heometrikong magkakaiba-iba, tulad ng mga talahanayan, mga bilog o piramide. Iyon ay sa layong magpadali sa pag-aaral ng mga , mag-ugnay sa pagitan ng mga ito, at magsaalaala sa mga ito.

5. Ang Estratehiya ng Simetriya

Gumagana ang estratehiyang ito sa pagpapasigla sa mga kakayahang pang-isip at pagpapagana ng isip para sa pagpapaliwanag sa mga ugnayan sa pagitan ng mga sangkap at mga bagay at pagtatakda sa mga anyo ng pagkakawangisan at mga anyo ng pagkakaibahan. Ang tulad ng pag-iisip na ito ay humihiling ng isang mataas na pagkamalikhain (high creativity) dahil ang sagot palagi ay humihiling ng isang bagong pagtanaw sa pagitan ng mga sangkap.

6. Ang Paraan ng Pagkukuwento

Namumukod ang istilong pampagkukuwento sa pagpukaw nito, pakakaakit-akit nito, at pag-epekto nito sa mga estudyante. Ang kuwento ay nagpapalago ng imahinasyon, pumupukaw sa mga damdamin, nag-aanyaya sa pag-uugnay ng mga premisa sa mga konklusyon; at gumagawa para sa pagsasalin ng konseptong basal (abstract) tungo sa isang reyalidad na nadarama (tangible). Ang

pagkukuwento ay sumasalig sa pag-uugnayan sa pagitan ng mga pangyayari kasama ng pagpukaw sa estudyante upang makipag-interaksyon dito at mag-ugnay rito sa pagsasagawa niya ng pag-aaral niya. Kinakailangan ang pagsasaalang-alang sa wika at istilo na ipanlalahad sa kuwento at kaangkupan nito para sa mga estudyante.

7. Ang Paraan ng mga Pagpapatupad na Pambuhay

Naglalayon ang istilong ito ng pagtatangka ng pag-uugnay ng mga impormasyon sa mga kaganapan at mga suliraning pambuhay. Iyon ay upang umalalay ito sa estudyante sa pagbabasa ng mga aralin ng nilalaman (content) nang may pagpapahalaga dahil siya ay makatatagpo rito ng paglulunas sa ilan sa mga mali at mga negatibo, pagpapatatag sa mga positibong aspeto at pagtitiyak sa mga ito, at pagtatangka ng pag-uugnay niyon sa inihatid ng Islām na mga patakarang legal at mga panuntunang etikal para makaramdam ang estudyante na ang Islām ay nagreregula sa buhay niya.

8. Ang Estratehiyang – Mag-isip – Makipares – Makilahok:

Ibinibilang ang Estratehiyang – Mag-isip – Makipares – Makilahok na isang estratehiya ng pakikipagtalakayang kooperatiba na binubuo ng tatlong yugto. Ang una: Ibibigay ng tagapagturo

ang pagkakataon sa estudyante nang mag-isa sa pag-iisip-isip sa pagsagot sa tanong o pagganap sa aktibidad, pagkatapos magsasagawa ito ng pakikipagtalakayan sa pagsagot nito sa isa mga kaklase nito. Iyon ay sa ikalawang yugto. Hinggil naman sa ikatlo at huling yugto, magtutulungan ang mga individuwal ng grupo sa pagpapalitan ng mga opinyon nila hinggil sa naabot ng mga pagsagot at pagtatalakay sa mga ito para makabatid sa iisang komun na sagot na nagpapahayag sa opinyon ng grupo.

Ang estratehiyang iyon ay may malaking kahalagahan sa operasyon ng pagkatuto yayamang tunay na ito ay umaalalay sa mga estudyante sa pagproseso nang aktibo sa mga impormasyon gaya ng pagiging ito ay nagpapaunlad ng mga kasanayan ng pakikipag-uugnayan sa kanila at nagpapataas sa mga pag-iisip nila.

9. Ang mga Advance Organizer

Nakikilala ang mga advance organizer sa pagiging ang mga ito ay pagkakaloob sa mga mag-aaral ng isang panimula o isang materyal na pagpapaumpisang pinaiksi, na ibinibigay sa simula ng senaryong pampagtuturo, hinggil sa estruktura ng paksa at mga impormasyong ninanais prosesohin sa layong magpadali sa pagkatuto ng mga konsepto, mga ideya, at mga usaping nauugnay sa paksa; at pag-uugnay sa

pagitan ng nalalaman ng mag-aaral dati pa at ng kinakailangan niyang malaman.

Nababahagi ang mga advance organizer sa dalawang pangunahing bahagi: ang mga advance organizer na nakasulat at ang mga advance organizer na hindi nakasulat. Nababahagi ang organizer na nakasulat ayon sa gampanin ng mga ito sa dalawang bahagi: ang organizer na tagapagbigay-linaw at ang organizer na tagapaghambing.

Hinggil sa mga hindi nakasulat, hinahati ang mga ito sa mga audio, visual, at audio-visual organizer; at mga graphic organizer na sumasalig sa representasyon ng mga bahagi ng mga natutunghayan sa mga grapikong anyo gaya ng kung ito ay isang talahanayang grapiko at inilalahad sa mga estudyante sa simula ng aralin.

10. Ang Prognosis

Humihiling ang paraang ito sa tagapagturo na maglagay ng mga pagpapalagay (assumption) o magbalangkas ng mga inaasahan (expectation) tungkol sa isasagawang pagtatalakay sa paksa, na siyang nagbibigay ng isang layon sa harap ng mag-aaral at naggagarantiya ng pagpokus sa sandali ng pag-aalam sa nilalaman, para magtangka ng pagtitiyak o pagpapabula sa mga inaasahang ito, gaya ng pagbibigay nito ng mga pagkakataon sa harap ng mag-aaral para mag-ugnay ng mga

bagong impormasyon sa yaong tinataglay na niya talaga, nang magkasama.

Maaari sa tagapagturo na mag-alalay sa mga estudyante niya sa inaasahan nila na tatalakayin paksang pag-aaralan sa pamamagitan ng sumusunod:

pagbabasa ng pamagat ng paksa o pag-alam sa mga layon ng aralin o pagpapatulong sa pamamagitan ng mga tanong.

11. Ang Pansariling Pagtanung-tanong: Ang Produksiyon ng mga Tanong

Naglalayon ang paraang ito ng pagpapaunlad ng pansariling kamalayan. Nagpapadali ito ng interaksyon sa teksto at nagpapadali ito ng proseso ng pag-intindi at paggunita. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong hinggil sa paksa bago, sa sandali, at matapos ng proseso ng pag-aaral. Ito ay nakasalalay sa pagtutuon ng tagapagturo ng isang grupo ng mga tanong para sa sarili niya sa sandali ng interaksyon sa mga ḥadīth na pinag-aaralan, na gagawa rito bilang higit sa pagkaisinasama sa mga impormasyong natutuhan at pagkakaalam na naaabot. Inireresulta nito sa kanya ang kamalayan sa mga proseso ng pag-iisip.

12. Estratehiya ng Nakaalam Ako – Nagnanais Ako na Makaalam – Natuto Ako (KWL)

Umaalalay ang estratehiyang ito sa mga estudyante sa inaasahan sa mga impormasyong nasasaklawan ng paksa at pag-uugnay sa mga ito sa naunang pagkakaalam na taglay nila.

Maaari rin sa tagapagturo na gumamit ng mga ito sa pagpukaw sa pagpapahalaga ng mga estudyante hinggil sa isang tukoy na paksa at pagsasagawa ng pagtatasa (assessment) sa naabot ng pagkaintindi ng mga estudyante sa paksang iyon at mga kamalian ng mga konsepto sa kanila.

Sumasagisag sa estratehiyang ito ang KWL, na daglat ng mga salitang:

Know (K), Want (W), Learned (L).

Ang unang salita (Know) ay nagpapahayag ng nalalaman ng mag-aaral tungkol sa paksa. Ang ikalawang salita ay nagpapahayag ng ninais malaman tungkol sa paksa. Ang ikatlong salita naman ay nagpapahayag ng natutuhan ng mag-aaral tungkol sa paksa.

13. Ang Estratehiya ng Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw

Ang estratehiyang ito ay umaalalay sa mag-aaral sa pag-iisip sa mga opinyon niya at mga pinaniniwalaan niya; at nagpapalakas-loob sa kanya sa pagpapahayag ng punto ng pananaw, mga ideya, mga prinsipyo, mga minamahalaga (value), mga pinaniniwalaan, at mga opinyon na

pinaniniwalaan sa mga iba't ibang sitwasyon, na nakaaapekto dahil sa papel ng mga ito sa pagtanaw niya sa mga bagay-bagay at interaksyon niya sa mga pangyayari. Ang estratehiyang ito ay sumasalig sa pag-aanalisa ng estudyante sa punto ng pananaw niya upang magbigay sa kanya ng mga pagkakataon para sa dagdag na pagpapakalalim sa pag-iisip-isip sa mga ito at pagbubulay-bulay sa saklaw ng katumpakan ng mga ito at saklaw ng pagkabagay ng mga ito para sa sitwasyon; o para sa paglutas ng isang suliranin kabilang sa mga suliranin, pag-aanalisa ng punto ng pananaw na baka maireresulta ng pagkakatig dito at pagtanggap dito (kapag ito ay nababagay at tumpak) o pagsususog dito (kapag kinailangan) o pagtangi rito (kapag ito ay hindi nababagay at hindi tumpak).

Sa pagwawakas, kapatid kong tagapagturo:

Tunay na ang gabay na ito ay isang kaparaanan sa mga kamay mo, na magbibigay ng mga bunga nito kung hinusayan ang paggamit dito at hindi magdudulot ng anuman kung hindi gayon. Hindi kami naglalayon sa likod nito ng paglilimita sa mga kakayahan ninyo o pagpigil sa mga pagkamalikhain ninyo.

Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Marangal na Qur'ān - Ang Mararangal na mga Tagasulat - Nauutal).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Ilan sa mga Āyah ng Qur'ān).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Pakikipagtalakayan at ang Pakikipagdayalogo - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Katayuan ng Marangal na Qur'ān at mga Kakanyahan Nito.

* Ang Pagdakila sa Marangal na Qur'ān at ang Pagsasagawa sa mga Karapatan Nito.

* Ang Pag-ibig sa Marangal na Qur'ān at ang mga Alagad Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Pakaalamin mo ang mga estudyante na nagsisigasig sa pangangalaga sa pagsambit ng mga pang-araw-araw na panalangin gaya ng pagbigkas ng Qur'ān. Hihilingin mo sa kanila na bumanggit ng mga kadahilanan ng pagsisigasig nila sa pagbabasa ng mga panalangin. Kakatigan mo ang mga pagtugon nila at susuportahan mo ang mga ito habang nagpapaliwanag sa kanila na sila ay ibinibilang na huwaran doon para sa iba sa kanila. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na magbasa ng aralin nang isang tahimik na pagbabasa, pagkatapos mamili ka ng ilan sa kanila para sa malakas na pagbabasa.

Magtalaga ka sa ilan sa pagsulat ng mga pangunahing sangkap ng aralin sa pisara hanggang sa maisagawa ang pagtalakay sa mga ito nang magkakasunud-sunod.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng pagkatutong kooperatibo, magsagawa ka ng

paghahati-hati sa mga estudyante sa mga grupo, pagkatapos humiling ka sa bawat grupo na magtulungan sa pagitan ng mga ito para magpaliwanag ng kainaman ng Marangal na Qur'ān.

Magtatalaga ka sa isa sa mga kaanib ng bawat grupo sa pagtatala sa pisara ng nahantungan nila, pagkatapos magkokomentaryo ka sa pagganap nila.

Hakbang 3

Gumamit ka ng paraan ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan at makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa dalawang sumusunod na pagtatanung-tanong.

Ano ang gantimpala sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān?

Ano ang mga etiketa na nararapat ipang-etiketa sa sandali ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān?

Sa pamamagitan ng mga pagsagot nila, magpapaabot ka sa kanila sa mga nahinuhang paghuhulo, pagkatapos magsusulat ka ng mga ito sa pisara, na ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang sumusunod:

Ang Paghuhulo (Deduction):

1. Kinakailangan sa bawat Muslim na matuto mula sa Qur'ān ng maipangsasagawa niya ng ṣalāh niya at maipang-aalam niya ng Relihiyon nila.

2. Ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān ay ang pinakamainam na dhikr. Mayroon itong dakilang gantimpala sa ganang kay Allāh.

3. Isinasabatas para sa Muslim ang pagtataglay ng ilan sa mga etiketa sa sandali ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. Kabilang sa mga ito: ang pagkakaroon ng wuḍū' at ang kadalisayan ng kasuutan at lugar.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapatupad ng mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Numero ng Layon 4

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at magpapanuto ka sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagsagot sa unang aktibidad. Magtatala ang bawat grupo ng nahantong nito sa isang kard na panlabas.

Titipunin ng tagapagturo ang mga sagot ng mga grupo, tatasahin niya ang mga ito, at

tatakdaan niya ang grupong higit sa kakāyahan sa paghantong sa tumpak na pagsagot. Magsasawa ng pagtatakda ng pinakamahalaga sa mga etiketa ng pagbigkas ng Qur'ān at ng pagtawag-pansin sa sinumang nagkamali roon. Piliin mo ang mga pinakaeksaktong pagsagot upang basahin ang mga ito ng mga nakasagot sa mga kaklase.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapaliwanag ng Epekto ng Pagpapamalagi ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. Numero ng Layon 1, 3

Magtalaga ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad.

Babanggitin mo ang bawat sangkap ng mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod, sa kundisyon na pakaalamín mo ang sagot doon ng bawat pangkat, habang nagbibigay sa bawat pangkat ng gradong nababagay; pagkatapos takdaan mo ang pinakamataas na pangkat sa grado.

Magsusuporta ka sa sagot niya sa pamamagitan ng pagsubaybay niya sa natitira sa pangkat sa pagtutumpak nila ng mga kamalian nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagtugon sa mga tanong ng pagtatasa.

1. Magbabahagi-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo para magtulungan sa isa't isa sa kanila sa pagsagot sa mga tanong.

2. Sasagot ang bawat grupo sa isang tanong kabilang sa mga tanong sa isang kard na pampagtuturo.

3. Magpapalitan ang bawat grupo ng sagot sa ibang grupo para magtasa nito.

4. Ang pagsuporta sa grupong tumama.

PANUTO 1: - - - .

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay pamamagitan ng:

Ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān at ang pakikinig rito nang may pagninila-nilay at pagpapanuto sa mga nakapaligid sa kanila para magsakatotohanan niyon din.

Ang pagsisigasig sa pagsali sa mga seminar ng Qur'ān o tulad ng mga ito nang sa gayon maisaulo ang Qur'ān at humusay sa pagbigkas nito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Marangal na Muşhaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Marangal na Muşhaf - nagpitagan - nagmaliit).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang Pisara - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Pagkatutong Konstruktibo - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagdakila sa Marangal na Muşhaf.
- Ang Pagbibigay-babala Laban sa Paghamak sa Marangal na Muşhaf.
- Ang Pagsasadamdamin sa Pagpipitagan sa Marangal na Muşhaf.
- * Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Isulat mo ang pariralang ito sa pisara, pagkatapos makipagtalakayan ka hinggil sa ipinahihiwatig nito. (Ang pagdakila sa Muṣḥaf ay kinakailangan sa bawat Muslim dahil ito ay naglalaman ng Salita ni Allāh (napakataas Siya). Ang sinumang nagpitagan sa Marangal na Qur'ān ay nagpitagan nga kay Allāh at ang sinumang nagmaliit sa Qur'ān ay nagmaliit nga kay Allāh.) Pagkatapos ipaalam mo sa mga estudyante ang paksa ng aralin at itala mo ang pamagat sa pisara.

* Ang Paglalalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, itala mo sa pisara ang sumusunod na parirala. Matapos ng pagbubulay-bulay nila rito, magtatakda sila ng ipinakakahulugan nito.

(Ito ay pangalan ng aklat na nagtitipon sa Marangal na Qur'ān. Kaya ano ito?

Maglalalahad ang tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ng isang larawan ng Muṣḥaf na malaki ang sukat at sasalig siya sa istilo ng pagkatutong konstruktibo. Pakaaalaman niya ang background ng naunang pagkakaalam ng mga estudyante tungkol sa Muṣḥaf, bilang ng mga kabanata nito, at mga bahagi nito. Matapos mapag-alaman ang mga pagtugon nila sa mga sangkap na iyon at ang pagtatasa sa mga iyon, ipaliliwanag

niya ang mga iyon sa kanila at ilalahad niya iyon sa porma ng isang mapang pampagpapaliwanag na organisado.

Hakbang 2

Itala mo sa pisara ang mga sumusunod na parirala. Mamili ka ng isa sa mga estudyante upang magbasa ng mga ito sa mga kaklase niya. Hilingin mo sa kanila ang magbulay-bulay sa mga ito nang maigi, kung saan magpapahayag ang bawat isa sa kanila sa isang pangungusap ng naisadamdamin niya sa bawat parirala.

Ang pagdakila sa Muṣḥaf ay kinakailangan sa bawat Muslim.

Ang sinumang nagpitagan sa Marangal na Qur'ān ay nagpitagan nga kay Allāh.

Ang sinumang nagmaliit sa Qur'ān ay nagmaliit nga kay Allāh.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na senaryo. Hilingin mo sa kanila na tuklasin ang nilalaman ng mga ito na mga kamalian at ang pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Lumabas ang isang lalaki mula sa palikuran at sinaling niya ang Muṣḥaf nang walang ṭahārah.

Nangamba ang isa sa mga estudyante na baka mawala ang Muṣḥaf niya kapag pumasok siya sa palikuran kaya binitbit niya.

Natulog ang isa sa mga tao sa masjid at ipinang-unan niya ang Muṣḥaf sa ilalim ng ulo niya.

Inilagay ni Fāṭimah ang Muṣḥaf niya sa lapag hanggang sa nakatayo siya saka inilagay ito sa aklatan.

Nagbalot ang ina ni `Alīy ng ilang pagkain na ibinigay nito sa kanya na nakalagay sa mga papel na may nakasulat na mga talata ng Qur'ān.

May nasira sa Muṣḥaf ni Ḥusayn kaya inilagay niya ito sa isang kahon sa gitna ng mga lumang aklat niya.

Pagkatapos hilingin mo sa kanila na bumanggit ng pinakamalaking bilang ng mga anyo ng pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf. Talakayin mo ang ilalahad nila at itala mo ito sa pisara. Pagkatapos maglahad ka sa kanila ng isang semantic map na naglalaman ng mga nakalahad na anyo ng pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf sa nilalaman ng aralin upang maghambing sila ng inilahad nila doon sa naisagawang mailahad sa nilalaman.

* Ang Paghuhulo

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagbanggit ng isa sa mga anyo ng pagdakila sa Muṣḥaf na napag-alaman niya sa pamamagitan ng aralin, kasama ng pagbibigay-linaw rito at pagbanggit sa isa naman sa mga pangyayari na naranasan niya na nakikisalungatan sa mga anyong iyon.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Anyo ng Pagdakila sa Muṣḥaf. Numero ng Layon 4

Maglahad ka sa mga estudyante ng bawat tanong kabilang sa mga tanong nasasaad sa unang aktibidad nang magkakasunud-sunod at pakaalaman mo ang mga sagot nila sa mga ito. Sa kaso ng pagkaalam nila sa tumpak na sagot ng bawat tanong, pagtalain mo sila ng mga ito sa mga aklat nila. Ang tanong na hindi nila nalalaman ang sagot ay itatalaga mo sila sa pagsangguni sa mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito ay pantao o elektroniko o mga aklat para humantong sa tumpak na sagot. Pakaalaman mo ang mga sagot na iyon sa darating na pagkikita.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa

Kahatulan sa Ṭahārah Para sa Pagsaling ng Muṣḥaf na Elektroniko. Numero ng Layon 3

Ipaalam mo sa mga estudyante na lumaganap na ngayon ang mga Muṣḥaf na elektroniko gamit ang kompyuter at ang telepono. Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila hinggil sa pagiging ang mga ito ay pinatutungkulan ng kahatulan sa Muṣḥaf na papel sa pagsasakundisyon ng ṭahārah at tulad nito. Matapos mapag-alaman ang mga sagot ng mga estudyante at magtasa sa mga ito, hilingin mo sa kanila ang magsadya sa link na natatagpuan sa mga aklat nila upang makabatid sila ng mga impormasyong higit na nauugnay sa aktibidad na ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagdaragdag ng Kaalaman Hinggil sa Marangal na Muṣḥaf.

Numero ng Layon 1, 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagsagot sa ikatlong aktibidad, sa kundisyon na sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap nito, magsubaybay ang mga kaklase niya, at magtasa sa kanya.

Tatalakay ang tagapagturo ng bawat sangkap mula sa mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Pakaaalamin niya ang sagot dito ng bawat grupo at ang kaanib na

nakasagot dito sa loob ng grupo. Ibibigay niya sa bawat grupo ang gradong nababagay.

Tatakdaan ng tagapagturo ang grupong nagkamit ng pinakamataas na grado at papupurihan niya ang mga kaanib nito. Susuportahan din niya ang pagganap ng sinumang nakasagot ng tumpak na sagot sa loob ng bawat grupo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para sa pagsagot sa unang tanong, mamahagi ka sa mga estudyante ng mga kard na pampagtuturo, na naglalaman ang kalahati ng mga ito ng tanda ng katumpakan at ang isa pang kalahati ng tanda ng (X). Pagkatapos basahin mo ang mga parirala ng tanong nang magkakasunud-sunod, kung saan iaangat ng bawat estudyante ang kard na nababagay sa parirala, kasama ng pagtatasa sa kanila at pagbibigay sa kanila ng feedback na nababagay sa kanila.

PANUTO 1: (✓) - (✓) - (X) - (✓) - (✓).

Italaga mo ang bawat estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong nang nagsosolo. Makikipagpalitan ang bawat isa sa kanila ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya para magtasa nito. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para magkomentaryo sa mga sagot na tinasa nila.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante na hindi nagkukusa sa pakikilahok sa aralin, kung saang sumasagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga tanong na pangsangay na napalololoob sa ikatlong tanong. Sa kaso ng pagkakamali nila, mamili ka ng mga iba pa para ibigay ang tumpak na sagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagsisigasi sa pagpapatupad ng mga anyo ng pagbibigay-halaga sa Marangal na Muṣḥaf at pagdakila rito, na napag-alaman mula sa aralin, kalakip ng pagpapaalam sa mga nakapaligid sa kanila ng mga anyong iyon nang sa gayon manatili ang mga ito sa mga iyon at sa pagpapatupad sa mga iyon.

Ang pagtuon tungo sa pagtutumpak sa alinmang asal o ugaling mali kabilang sa mga pag-uugaling baka nasusumpungan sa panig sa ilan sa mga individuwal, na sa mga ito ay may paghamak sa Marangal na Muṣḥaf o baka nakikisalungatan sa pagdakila rito.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Āyatulkursīy

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang Mapagpanatili - antok - hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Āyatulkursīy).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Mainit na Silya (Hot Seat)).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkatakot kay Allāh, ang Pagdakila sa Kanya, at ang Pagkatakot sa Kanya.

* Ang Pagdakila sa Kainaman ng Āyatulkursīy.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na pampagtuturo na nakasulat dito ang Āyatulkursīy sa isang marikit na pagkasulat.

Pagkatapos basahin mo ito sa kanila at tanungin mo sila tungkol sa pangalan ng marangal na sūrah na nasasaad doon ang āyah. Inaasahan na makaalam sila na ito ay ang Sūrah Al-Baqarah. Pagkatapos tatanungin mo sila tungkol sa pangalan ng āyah na ito at matatanggap mo sa kanila ang sagot. Pagkatapos magpapabatid ka sa kanila na tayo ay magsasalita sa aralin natin ngayong araw tungkol sa dakilang āyah na ito. Pagkatapos itatala mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na tumingin sa marangal na āyah, pagkatapos mananahimik sila para sa pagbigkas nito mula sa audio medium.

Hakbang 2

Bigyang-linaw mo ang kahulugang pambuod ng mga āyah, pagkatapos makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga kahulugang mga pananalita ng mga ito nang may pagdedetalye.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng paggamit ng pagkatutong kooperatibo, magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at humiling ka sa bawat grupo na magtulungan sa isa't isa rito sa paghanggo

ng mga katangian ni Allah na nilalaman ng Āyatulkursīy.

Magtalaga ka sa isa sa mga kaanib ng grupo sa pagtatala sa pisara ng naisagawang mahantungan at magkomentaryo ka sa pagganap nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagbanggit ng isa sa mga paghuhulo na nahantungan nila.

Itala mo sa pisara ang mga pagtugon nila, kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito.

Hilingin mo sa kanila na sumangguni sa aklat para maghambing sa pagitan ng naisagawang mailahad at naitala sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghuhulo ng mga Pananalitang Nagpapahiwatig sa mga Katangian ni Allāh.

Numero ng Layon 3

Hilingin mo sa mga estudyante na magbukas ng aklat-aralin sa unang aktibidad.

Hilingin mo sa kanila na mag-isip, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa naisagawang mahantungan.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghulo ng Kainaman ng Āyatulkursīy at ang Pagtatakda ng mga Oras ng Pagbigkas Nito. Numero ng Layon 2, 4

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbasa ng ḥadīth, pagkatapos gamitin mo ang estratehiya ng mainit na silya sa pamamagitan ng sumusunod:

Hilingin mo sa mga estudyante na maupo sa pormang pabilog at maglagay ng isang silya sa gitna ng bilog.

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para umupo sa mainit na silya.

Magbibigay sa kanya ang mga kaklase ng mga pagtatanung-tanong. Kabilang sa mga ito:

1. Hanguin mo ang kainaman ng Āyatulkursīy.
2. Takdaan mo ang mga oras na itinuturing na kaibig-ibig sa mga ito ang pagbigkas ng Āyatulkursīy.

Subaybayan mo ang mga estudyante at magsagawa ka ng pagpapanuto sa kanila, pagkatapos takdaan mo ang pinakaeksakto sa mga sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment):

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa mga tanong na napaloloob sa aklat nang nagsosolo.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa isang kaklase niya upang magsagawa ng bawat isa sa kanila ng pagsagot sa isa pa.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante kung saang maglalahad ang bawat isa sa kanila ng nagawang maiwasto at mabago sa sagot ng kaklase.

Ibigay mo sa mga estudyante ang pagkakataon para magkomentaryo sa maisasagawang paglalahad ng ilan sa kanila sa iba. Pagkatapos magkomentaryo ka sa pagganap ng mga estudyante. Ipaliwanag mo sa kanila ang pang-ehemplong sagot sa mga tanong.

PANUTO 1: - - - .

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsisigasig sa pagbigkas ng Āyatulkursīy matapos ng mga ṣalāh, bago matulog, at sa umaga at gabi.

Ang pagpapaalam sa mag-anak at mga taong nakapaligid ng kainaman ng Āyatulkursīy at pinakamahalaga sa nilaman nito na mga katangian ni Allāh.

Ang Ikaapat na Aralin:

Ang Pagpapakahulugan Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aṣr

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Nagpalibang sa inyo - ang pagpaparamihan - pagkalugi - nagtagubilinan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagtalakayan - Ang mga Simbolikong Sistema - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pag-iingat Labang sa Pagpapakaabala sa Kamunduhan.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Biyaya ni Allāh.

- Ang Pagkaramdam sa Kadakilaan ni Allāh sa Araw ng Pagbangon.

- Ang Pagdakila sa Halaga ng Sūrah Al-`Aşr.

- Ang Pag-iwas sa Pagkasadlak sa mga Katangian ng mga Tagatangging Sumampalataya at mga Tagasuway.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ibigay mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na pagtatanung-tanong: Ano ang saloobin ng Muslim sa natatamasa sa buhay

na pangmundo? Magpapakaabala siya sa pagpupunyagi sa Daigdig at iiwanan ang mga kinakailangang pagsamba? Sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga pagtatanung-tanong na ito maghahantong ka sa kanila sa paksa ng Sūrah At-Takāthur pagkatapos at isusulat mo sa pisara ang pamagat.

Ang Paglalahad ng Aralin

Numero 1

Babasahin ng Tagapagturo sa mga estudyante ang Sūrah At-Takāthur at ang Sūrah Al-`Aşr,

pagkatapos hihilingin niya sa kanila na ulit-ulitin ang dalawang ito matapos niya.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mahuhusay sa pagbasa ng dalawang ito sa mga kaklase nilang dalawa, kasama ng pagsubaybay nila sa dalawa sa pagninilay-nilay.

Hakbang 2

Makipagtalakayan sa mga estudyante hinggil sa mga kahulugan ng Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-ʿAṣr, kasama ng pagpokus sa pagpapakahulugan sa malabo sa dalawang ito.

Ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante sa paghulo ng mga kahulugan ng mga salita alinsunod nakalahad na konteksto.

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo ang mga sumusunod na tanong sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga estudyante at ipaliliwanag niya sa kanila ang sagot sa mga ito, kasama ng pag-uugnay sa mga ito sa mga ayah na nasasaad, para magpakahulugan sa mga ito at magliwanag sa kahulugan ng mga ito.

PANUTO: Huluhin mo ang kaugnayan sa pagitan ng nanunumpa at sinusumpaan sa Sūrah Al-ʿAṣr.

PANUTO: Ano ang mga kadahilanan ng pananagumpay ng mga mananampalataya gaya na nasaad sa Sūrah Al-`Aşr?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat dalawa sa kanila sa pagtutulungan sa pagtatakda ng nahihinuha mula sa mga āyah at iginagabay ng mga ito.

Hihiling siya sa kanila na mag-alam ng nilalaman sa mga aklat nila na mga aspeto ng pagpapahinuha.

Ang paghahambing sa pagitan nito at ng inilahad nila, kasama ng pagkakaloob ng pagkatig at pagsuportang nababagay sa pagganap nila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghahanap ng mga Bagay sa Mundo na Nakalalamang ang Pagpaparami sa mga Ito at mga Bagay na Nakalalamang ang Pagpapakaunti sa mga Ito. Numero ng Layon 2

Magbabaha-bahagi ang tagapagturo sa mga estudyante sa dalawang grupo at magpapanuto

siya sa bawat grupo sa pagsagot sa dalawang bahagi ng aktibidad.

Pakaaalamin niya ang mga sagot ng dalawang grupo, habang nagbibigay ng pagsuportang nababagay. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa nahantong nila hanggang sa magpaabot siya sa lahat sa mga sagot na nababagay.

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Tungkulin Natin Tungo sa mga Biyaya ni Allāh. Numero ng Layon 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap sa ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng sagot niya sa isang panlabas na kard. Pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga sagot, kasama ng pagbubunyi sa tagapagtaglay ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Kainaman ng Sūrah Al-`Aṣr. Numero ng Layon 4

Ilahad mo ang ikatlong aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng pakikipagtalakayan, ibigay mo sa kanila ang tanong ng aktibidad, kung saan sasagot sila roon, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa

pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang ilagay niya sa aklat niya ang tumpak na sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isa kasunod ng isa pa.

Hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na makilahok sila sa pagsagot ng mga tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang pasapalarang paraan para maglahad ng mga sagot nila sa natitira sa mga estudyante.

Hilingin mo sa nagkakamali sa kanila na sumangguni sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula roon.

PANUTO: (✓) - (X) - (✓) - (X)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagsusumikap sa pagpapasalamat sa mga biyaya ni Allāh sa atin.

Ang paggawa ayon sa nasaad sa Sūrah Al-`Aşr na pananampalataya, gawang maayos, pag-aanyaya tungo kay Allāh, at pagtitiis doon.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al- Humazah at Sūrah Al-Fīl

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(palalibak - mapanirang-puri - ihahagis nga - Mapangwasak - mga puso - itataklob - panlalansi nila - kawan-kawan - luwad na nanigas - uhay - kinainan - sa pagtutumbas - nagsasalya sa ulila - nagpapakitang-tao - munting tulong.)

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Kuwento - Ang Brainstorming - Ang Pakikipagdayalogo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pag-iingat Laban sa Panlilibak at Tsismis Para Magpalaganap ng Pagkasuklam sa Gitna ng mga Tao.

- Ang Pagdakila sa Bahay na Pinakababanal sa Ganang kay Allāh.

- Ang Pagkaramdam sa Kapangyarihan ni Allāh sa Pagpapasawi sa Lumabag sa Mga Ipinagbabawal ni Allāh.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa nalalaman nila mula sa kuwento ng mga kasamahan ng elepante at nahihinuha mula sa kuwento lalo na sa katayuan ng Bahay na Pinakababanal sa ganang kay Allāh. Pagkatapos magpapabatid siya sa kanila hinggil sa paksa ng aralin at magtatala ka nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang sūrah ng aralin sa pamamagitan ng audio medium.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mga estudyanteng mahuhusay sa pagbasa ng dalawang marangal na sūrah sa mga kaklase nilang dalawa.

Hakbang 2

Makikipagtalakayan ang tagapagturo sa mga estudyante hinggil sa mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyo kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa paghulo ng mga kahulugan sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay nila sa konteksto.

Piliin mo ang ilan sa mga estudyante para sa pagsulat sa pisara ng mga sangkap ng mga āyah para talakayin ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Hakbang 3

Gamitin mo ang istilo ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan para magpakatiyak sa pagkaintindi nila sa mga sangkap ng aralin. Iyon ay ayon sa sumusunod na paraan:

Ano ang kaparusahan sa mga kasamahan ng elepante?

Linawin mo ang kaugnayan sa pagitan ng kuwento ng mga kasamahan ng elepante at ng kapanganakan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ipaliwanag mo ang kaparusahan sa panunuya gaya ng nasaad sa Sūrah Al-Humazah.

Tanggapin mo ang mga sagot ng mga estudyante sa mga pagtatanung-tanong na nauna.

Magkomentaryo ka sa mga ito. Suportahan mo ang sinumang tumatama.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at gumamit ka ng estratehiya ng brainstorming.

Magtalaga ka sa kanila sa paghango ng mga katuturang pang-edukasyon at pampag-uugali mula sa dalawang sūrah. Pagkatapos mamili ka ng isang individuwal mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantungan nila para tasahin sila at ipaalam sa kanila ang tumpak na sagot.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa Kadahilanan ng Pagsaway sa Panunuya sa Ibang Tao. Numero ng Layon 2, 3

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap sa unang aktibidad. Subaybayan mo ang mga grupo para magpakatiyak sa paglahok ng mga kaanib ng bawat grupo sa aktibidad. Pagkatapos mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng isinagawa ng grupo niya, kasama ng

paghahambing sa pagitan nila, pagtatakda sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot, at pagpapalakas-loob sa kanya.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Tumpak Mula sa Kuwento ng mga Kasamahan ng Elepante. Numero ng Layon 2, 4

Magpapanuto ka sa bawat estudyante upang itala nito sa kuwaderno nito ang sagot sa sumusunod na aktibidad.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga pagsagot nila.

Ang pagkomentaryo ng mga kaklase nila sa mga ito, kung saan kukumpletuhin ng bawat isa sa kanila ang kumulang sa kaklase niya.

Magpalakas-loob ka sa mga pagtugon na orihinal, namumukod, at naisasailalim sa pagpapatupad.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot sa mga tanong.

Sasagot ang bawat individuwal sa loob ng grupo sa isa sa mga tanong, magsusubaybay sa kanya ang dalawang kaklase niya, at magpapanuto silang dalawa sa kanya kung nagkamali siya.

Mamimili ka ng bawat dalawang grupo nang may anyong pares upang maglahad silang dalawa ng pagsagot nilang dalawa.

Magtatasa ka sa dalawang ito habang nagtatakda sa pinakalamang sa dalawang ito sa pagsagot at magbibigay ka rito ng gradong nababagay.

Magtatakda ka ng pinakamataas na grupo sa grado at magpapalakas-loob ka sa mga kaanib nito.

PANUTO 1: - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pag-iwas sa panlilibak, tsismis, at panunuya kasama ng pagbibigay-babala sa mag-anak at mga kaklase laban doon.

Ang pagdakila sa katayuan ng Bahay na Pinakababanal at ang pagsasadamdamin sa halaga misyong pampropeta.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Dahil sa pagkahirati sa Quraysh - nagsasalya sa ulila - nagpapakitang-tao - munting tulong.)

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Kuwento - Ang Brainstorming - Ang Pakikipagdayalogo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagpapamalagi sa Pagpapasalamat kay Allāh.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Biyaya sa Kalipunang Islām.

- Ang Pagmamabigat sa Pagkapanganib ng Pagpapakitang-tao at Pagwaksi ng Ṣalāh o Pagpapahuli Nito Nang Walang Maidadahilan.

- Ang Pag-iwas sa mga Katangian ng mga Tagapagpasinungaling sa Kabilang-buhay at mga Nalilingat Doon.

- Ang Paggawa ng Maganda sa mga Ulila at mga Dukha.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga biyaya ni Allāh, lalo na sa biyaya ng katiwasayan at estabilidad. Pagkatapos magdugtong ka na ito ay kabilang sa mga biyaya ni Allāh sa Liping Quraysh subalit sila ay tumangging sumampalataya rito. Pagkatapos magpabatid ka sa kanila tungkol sa nilalaman ng aralin. Pagkatapos itala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang sūrah ng aralin sa pamamagitan ng audio medium.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mga estudyanteng mahuhusay sa pagbasa ng dalawang marangal na sūrah sa mga kaklase nilang dalawa.

Makikipagtalakayan ang tagapagturo sa mga estudyante hinggil sa mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyo kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa paghulo ng mga kahulugan sa pamamagitan ng pag-alam nila sa konteksto.

Hakbang 2

Gumamit ka ng estratehiya ng brainstorming at pumili ka ng ilan sa mga mag-aaral para magsulat sa pisara ng pinakamahalaga sa mga sangkap ng mga āyah para talakayin mo ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Magsagawa ka ng pakikipagtalakayan sa mga estudyante hinggil sa pagpapakahulugan sa mga āyah at pagpapaliwanag sa mga kahulugan ng ilan sa mga salita.

Hakbang 3

Gamitin mo ang istilo ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan para magpakatiyak sa pagkaintindi nila sa mga sangkap ng aralin. Iyon ay ayon sa sumusunod na paraan:

Banggitin mo ang pinakamahalaga sa mga biyaya ni Allāh sa Liping Quraysh.

Ano ang kaugnayan sa pagitan ng pananampalataya at pamamalagi ng mga biyaya ni Allāh?

Mag-ugnay ka sa pagitan ng pagsasanggalang ni Allāh sa Bahay na Pinakababanal at pagpapababa ng biyaya ng katiwasayan at pagtustos dito.

Banggitin mo ang mga āyah mula sa Al-Mā`ūn, na naglalarawan sa kalagayan ng mga tagapagpasinungaling.

Tanggapin mo ang mga sagot ng mga estudyante sa mga pagtatanung-tanong na nauna. Magkomentaryo ka sa mga ito. Suportahan mo ang sinumang tumatama.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na maglahad ng pinakamahalaga sa nahihinuha mula sa mga āyah, kasama ng pagbibigay ng pagkatig sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Pinakamahalaga sa mga Paglalakbay Pangkalakalan ng Liping Quraysh at Saloobin Nila sa Biyayang Ito. Numero ng Layon 1, 2

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagtingin sa mapang nariryan sa unang aktibidad. Mamimili ka ng dalawa sa kanila para magtangka sa pagbasa nito sa mga kaklase nilang dalawa at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil dito. Pagkatapos hilingin mo sa bawat estudyante na magsagawa ng pagtatakda sa mga pook ng mga paglalakbay pangkalakalan ng Liping Quraysh at saloobin ng Liping Quraysh sa mga biyayang iyon. Suportahan mo ang sinumang tumatama.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng Kalagayan ng mga Tagapagpasinungaling Mula sa Sūrah Al-Mā`ūn.

Numero ng Layon 3, 4

Maglahad ka sa mga estudyante ng mga āyah ng Sūrah Al-Mā`ūn sa pamamagitan ng audio medium. Mamili ka ng isa sa mahuhusay sa pagbasa ng mga ito, pagkatapos hilingin mo sa kanila na isulat ang mga āyah ng Sūrah Al-Mā`ūn

na naglalarawan sa kalagayan ng mga tagapagpasinungaling.

Makipagtalakayan ka hinggil sa mga sagot ng mga estudyante hanggang sa mapaabot mo sila sa mga tumpak na sagot, pagkatapos magtala ang bawat isa sa kanila sa mga talahanayan ng aktibidad.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Italaga mo ang mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtutuos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot sa mga tanong.

Sasagot ang bawat individuwal sa loob ng grupo sa isa sa mga tanong, magsusubaybay sa kanya ang dalawang kaklase niya, at magpapanuto silang dalawa sa kanya kung nagkamali siya.

Mamimili ka ng bawat dalawang grupo nang may anyong pares upang maglahad silang dalawa ng pagsagot nilang dalawa.

Magtatasa ka sa dalawang ito habang nagtatakda sa pinakalamang sa dalawang ito sa pagsagot at magbibigay ka rito ng gradong nababagay.

Magtatakda ka ng pinakamataas na grupo sa grado at magpapalakas-loob ka sa mga kaanib nito.

PANUTO 1: - - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagdakila sa Bahay na Pinakababanal at ang pagsasadamdamin sa katayuan nito sa ganang kay Allāh.

Ang pamamalagi ng pagpapasalamat kay Allāh at paggawa ng maganda sa mga ulila at mga dukha.

Ang paghimok sa mag-anak at mga taong nakapaligid sa pagpapasalamat kay Allāh at paggawa ng maganda sa mga ulila at mga dukha.

Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang Kalamangan ng Tawhīd at ang Kahalagahan Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Tawḥīd - Ang Karapatan ni Allāh - Ang Karapatan ng mga Tao).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawan na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang mga Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Katayuan ng Tawḥīd.

* Ang Pag-aanyaya sa mga Tao Tungo sa Tawḥīd ni Allāh.

* Ang Paniniwala na ang Tawḥīd ay ang Layon na Nilikha ni Allāh ang Nilikha Alang-alang Dito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanila na ang Tawḥīd ni Allāh ay ang pundasyon ng Relihiyong Islām at tungo rito noon ang pag-aanyaya ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng mga propeta bago niya. Ginawa nga ni Allāh ang Paraiso bilang gantimpala para sa mga monoteista at ang

Impiyerno bilang parusa sa mga tagapagtambal. Kaya papaanong magsasakatotohanan ang Muslim sa Tawḥīd?

Magpabatid ka sa kanila na ito ang tatalakayin ng paksa ng aralin, pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map at para sa pag-organisa ng tagkakaalam na pang-isip hinggil sa mga sangkap ng aralin, maglalahad ang tagapagturo, sa pamamagitan ng isang poster, sa isang pormang organisasyonal para sa pagpapakilala sa Tawḥīd, kalamangan nito, at katayuan nito.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, hihiling ang tagapagturo sa mga estudyante na magbigay ng ilang tanong na naiibigan nilang mapag-alaman buhat sa mga sangkap na iyon at magtitipon siya ng mga tanong nila at magtatala ng mga ito sa pisara. Maaari sa kanya na pagyamanin ang mga ito sa pamamagitan ng mga tanong na pangkaragdagan upang sumaklaw sa magkakaiba sa mga sangkap ng aralin. Baka maging kabilang sa mga tanong na ilalahad:

PANUTO: Ano ang pinapakay ng Tawḥīd?

PANUTO: Ano ang kahalagahan ng Tawḥīd?

PANUTO: Ano ang kalamangan ng Tawḥīd?

PANUTO: Ano ang kaugnayan ng Tawḥīd sa pagtanggap sa maaayos gawain?

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo ang kalamangan ng Tawḥīd at ang katayuan nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag kasama ng pagtatalakay sa mga sumusunod na tanong at pagsasanib sa mga ito sa pagbibigay-linaw. Sa sandaling iyon, ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga patunay ng kalamangan ng Tawḥīd. Hihilingin niya sa mga estudyante ang makilahok sa pagpapaliwanag ng mga kahulugan ng mga bokabularyo at iginagabay ng mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction)):

Hilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na magbuod ng aralin sa paraang pasalita, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila at pagkatig sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw ng Kahalagahan ng Tawḥīd.

Numero ng Layon 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap sa unang aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagsangguni sa nilalaman ng aralin. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng ibinigay nila na mga pagsagot, kasama ang pagtatasa sa mga ito mula sa mga kaklase nila.

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Kalamangan ng Tawḥīd.

Numero ng Layon 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap sa ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng sagot niya sa isang panlabas na kard. Pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga sagot, kasama ng pagbubunyi sa tagapagtaglay ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagtugon sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa dalawang tanong sa aklat niya nang nagsosolo. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para mapag-alaman mo ang mga sagot nila at matasa mo ang mga ito.

1: - -

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulongan sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong. Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at tasahin mo ang mga ito, habang nagtatakda ng kamalian na kinasadlakan ng bawat grupo. Pagkatapos maglahad ka nito sa mga estudyante, kasama ng paglilinaw sa pamamaraan ng pagtatama rito. Pagkatapos takdaan mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay sa mga kaanib nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Uulitin ng bawat estudyante ang pagbasa ng mga tekstong nagpapatunay sa kalamangan ng Tawḥīd at kahalagahan nito, kasama ng pagdaragdag pagkakaalam sa pamamagitan niyon sa pamamagitan ng mga iba pang reperensiya hanggang sa makapagtiyak sa kahalagahan ng pagsasakatotohanan ng Tawḥīd at kalamangan nito.

Ang pagpapaabot ng mga pagkakaalam nila tungkol sa Tawḥīd at kahalagahan nito sa mag-anak nila at mga nakapaligid sa kanila.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon - Ang Pagbibigay-buhay - Ang Pagbibigay-kamatayan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawang Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Prognosis - Ang Simetriya - Ang Imahinasyon - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunghin (Orientation):

- Ang Tiyakang Paniniwala na si Allāh ay ang Panginoon ng Bawat bagay, ang Tagapagmay-ari Nito, at ang Tagalikha Nito.

- Ang Pagsisigasig sa Pagsasakatotohanan ng Tawhīd ng Pagkapanginoon.

- Ang Pagkaramdam ng Pagkapanganib ng Pagtatambal (Shirk) sa Pagkapanginoon.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanila na ang Tawhīd ay tatlong bahagi: ang Tawhīd ng Pagkapanginoon, ang Tawhīd ng Pagkadiyos, at ang Tawhīd ng mga Pangalan at mga Katangian. Tatalakayin ng araling ito ang Tawhīd ng Pagkapanginoon at isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ayon sa liwanag ng pagkaalam ng mga estudyante sa pamagat ng aralin at layon dito, hilingin mo sa kanila na maglahad ng mga inaasahan nila tungkol sa mga sangkap at mga ideya na nilalaman ng mga ito. Pakaalaman mo ang ibibigay nila na mga pagtugon at itala mo sa pisara ang naiiba mula sa mga ito.

Hakbang 2

Itala mo sa pisara ang sumusunod na pangungusap.

(Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh – tanging sa Kanya – sa mga gawain Niya na natatangi Siya sa mga ito, gaya ng paglikha, pagtustos, pangangasiwa ... Kaya ano ito?)

Matapos ng pakikipagtalakayan ng mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang konsepto ng ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon at ang pamamaraan ng pagsasakatotohanan nito.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga halimbawang nauugnay sa sumasalungat sa ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon nang magkakasunud-sunod, kasama ng mga patunay niyon sa pamamagitan ng isang poster na pampagtuturo. Pagkatapos makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa paglilinaw sa mga kahulugan nito at iginabay ng mga ito. Ibigay mo sa mga estudyante ang pagkakataon para magbigay ng mga pagtatanung-tanong nila tungkol sa naiibigan nilang mapag-alaman.

Ang Paghuhulo (Deduct(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)):

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagrepaso sa mga sangkap ng aralin at mamili ka

ng ilan sa mga estudyante para magbigay ng mga
pagtugon nila.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pinakamahalaga sa mga ideya ng aralin at mga sangkap nito, kasama ng pakikinig sa kanila kaugnay sa idinagdag sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilininaw sa mga Pagkakahayag sa Tawhīd ng Pagkapanginoon.

Numero ng Layon 2, 4

Magpanuto ka sa bawat estudyante para sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagsangguni sa nilalaman ng aralin. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng ibinigay nila na mga sagot kasama ng pagtatasa sa mga ito.

Nagsabi si Allāh:

(أَلَمْ تَرَ إِلَى الَّذِي حَاجَّ إِبْرَاهِيمَ فِي رَبِّهِ أَنْ آتَاهُ اللَّهُ الْمُلْكَ إِذْ قَالَ إِبْرَاهِيمُ رَبِّي يُحْيِي وَيُمِيتُ قَالَ أَنَا أَحْيِي وَأُمِيتُ قَالَ إِبْرَاهِيمُ

فَإِنَّ اللَّهَ يَأْتِي بِالشَّمْسِ مِنَ الْمَشْرِقِ فَأْتِ بِهَا مِنَ الْمَغْرِبِ فَبُهِتَ
الَّذِي كَفَرَ وَاللَّهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ

{Hindi ka ba nakaalam sa nangatwiran kay Abraham hinggil sa Panginoon nito dahil nagbigay sa kanya si Allāh ng paghahari? Noong nagsabi si Abraham: "Ang Panginoon ko ay ang nagbibigay-buhay at nagbibigay-kamatayan" ay nagsabi siya: "Ako ay nagbibigay-buhay at nagbibigay-kamatayan." Nagsabi si Abraham: "Ngunit tunay na si Allāh ay nagpaparating sa araw mula sa silangan kaya magparating ka nito mula sa kanluran." Kaya nagitla ang tumangging sumampalataya. Si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagalabag sa katarungan.}

(Qur'ān 2:258)

Ang pangalan ng hari ay Nimrod bin Kan`ān. Nakipagtalo siya kay Allāh kaugnay sa pagbibigay-buhay at pagbibigay-kamatayan kaya naglatag si Propeta Abraham (sumakanya ang pangangalaga)

ng katwiran sa kanya sa pamamagitan ng pagsikat ng araw mula sa kanluran nito.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Pamamaraang ng Pag-akit ng Panustos.

Numero ng Layon 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap sa ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng sagot niya sa isang panlabas na kard. Pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga sagot, kasama ng pagbubunyi sa tagapagtaglay ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam ng Kaibahan sa Pagitan ng mga Uri ng Shirk at Pamamaraan sa Pagharap sa mga Ito.

Numero ng Layon 5, 6

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagsagot sa ikatlong aktibidad, sa kundisyon na sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap nito, magsubaybay ang mga kaklase niya, at magtasa sa kanya.

Tatalakay ang tagapagturo ng bawat sangkap mula sa mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Pakaaalamin niya ang

sagot dito ng bawat grupo at ang kaanib na nakasagot dito sa loob ng grupo. Ibibigay niya sa bawat grupo ang gradong nababagay.

Tatakdaan ng tagapagturo ang grupong nagkamit ng pinakamataas na grado at papupurihan niya ang mga kaanib nito. Susuportahan din niya ang pagganap ng sinumang nakasagot ng tumpak na sagot sa loob ng bawat grupo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa dalawang tanong sa aklat niya nang nagsosolo. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para mapag-alaman mo ang mga sagot nila at matasa mo ang mga ito.

PANUTO 1: - -

2: Sa mga gawain Niya - Allāh – tanging sa Kanya - Ang pag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid.

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikatlong tanong. Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at tasahin mo ang mga ito, habang

itinatakda ang kamalian na nasa bawat grupo para maglahad nito sa mga estudyante, kasama ng paglilinaw sa pamamaraan ng pagtatama rito, bukod pa sa pagtatakda sa pinakamainam na grupo sa pagsagot at pagbibigay sa kanila ng pagsuportang nababagay sa mga kaanib nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Uulitin ng bawat estudyante ang pagbabasa ng mga patunay ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon upang magsasadamdamin sila sa kahalagahan ng pagsasakatotohanan sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon.

Magbibigay-babala ang bawat estudyante sa mga nakapaligid sa kanya laban sa mga anyong sumasalungat sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos - Ang mga Pagsambang Pampuso).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawan na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Prognosis - Ang Simetriya - Ang Imahinasyon - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pananampalataya sa Pagkadiyos ni Allāh.

- Ang Pagsisigasig sa Pagsasakatotohanan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

- Ang Pag-uugnay sa Pagitan ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon at ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

- Ang Pag-iingat Laban sa mga Pagkakahayag sa Shirk sa Pagkadiyos.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga estudyante tungkol sa kadahilanan ng kawalang-pananampalataya ng mga Arabe noon sa kabila ng lahat na sila ay kumikilala na si Allāh ang Tagalikha, ang Tagapagtustos. Pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo sa pisara ang pamagat.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Matapos mapag-alaman ng mga estudyante ang paksa ng aralin, hilingin mo sa kanila na maglahad ng mga inaasahan nila tungkol sa mga sangkap at mga ideya na nilalaman ng mga ito. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil doon kasama ng pagsulat sa pisara ng pinakamahalaga sa mga ito.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, humiling ka sa mga estudyante na magtakda ng kahulugan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos at magpaliwanag ng mga uri ng pagsamba. Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga pagsagot nila para humantong sa tumpak na sagot.

Hilingin mo sa mga estudyante na magtakda ng kaugnayan sa pagitan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos at ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon. Ibigay mo ang pagkatig at ang papuri sa mga estudyanteng may mga namumukod na sagot.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga halimbawang nauugnay sa sumasalungat sa Tawḥīd ng Pagkadiyos nang magkakasunud-sunod, kasama ng mga patunay niyon sa

pamamagitan ng isang poster na pampagtuturo. Pagkatapos makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa paglilinaw sa mga kahulugan nito at iginabay ng mga ito. Ibigay mo sa mga estudyante ang pagkakataon para magbigay ng mga pagtatanung-tanong nila tungkol sa naiibigan nilang mapag-alaman.

Ang Paghuhulo (Deduction)):

Magpanuto ka sa bawat estudyante para magrepaso ng sagot niya sa tanong ng pagpapasimula at magbulay-bulay rito ayon sa liwanag ng pagkakaalam nila sa aralin at mga sangkap nito at anumang inilahad dito na mga ehemplo. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga pagtugon nila at magkomentaryo ka sa mga ito.

Magsusuri ang mga estudyante sa mga inaasahan nila tungkol sa mga ideya ng aralin at mga sangkap nito na inilahad nila sa unang hakbang. Maglilinaw sila sa antas ng pagkatupad ng aralin sa inilahad nila at idinagdag sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa Tawḥīd ng

Pagkadiyos at pinakamahalaga sa mga pagsamba rito.

Numero ng Layon 2, 3

Magtatalaga ang tagapagturo ng bawat dalawa mula sa mga estudyante para magtulungan sa pagganap ng unang aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila, pakaaalaman niya ang sagot ng bawat grupo, pagkatapos maglalahad siya ng isang poster sa mga estudyante at magbabahagi siya rito sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay lalamanan niya ng pagtatakda ng uri ng Tawhid at ang ikalawang bahagi naman ay lalamanan niya ng pagsulat ng apat na pagsamba na isasagawa bilang paghahangad ng lugod ng mukha ni Allāh.

Tatalakayin niya ang mga tumpak na pagtugon at ilalagay niya ang mga ito sa poster. Hihilingin niya sa bawat estudyante na kumuha ng isang larawan mula sa mga ito o magsulat siya ng mga ito para ingatan at magpaalam sa mga ito sa mga nakapaligid sa kanya.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam ng Kaibahan sa Pagitan ng mga Uri ng Tawhīd.

Numero ng Layon 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante para sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa

pagsangguni sa nilalaman ng aralin. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng ibinigay nila na mga sagot kasama ng pagtatasa sa mga ito mula sa mga kaklase nila.

Ang mga Gawain Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon. Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkadiyos

Nagsagawa ng ṣalāh si Muhammad: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang Pagkilala sa Pagkalikha ni Allāh ng Araw: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Dumalangin si Zayd sa Panginoon Niya: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkadiyos

Ipinasunud-sunura ni Allah sa tao ang hayop: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Namanata si Ḥasan na mag-alay kay Allāh ng isang tupa: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Sumampalataya si Fāṭimah na si Allāh ay ang nagtutustos sa nilikha: Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagtatakda ng mga Pag-uugali na nakikisalungatan sa Tawḥīd ng Pagkadiyos. Numero ng Layon 4

Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikatlong aktibidad, pagkatapos mamili ka ng

dalawang pangkat sa kanila para maglahat ng pagsagot ng dalawang ito kasama ng paghahambing sa pagitan ng dalawang ito ng nalalabi sa mga pangkat.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, magsasagawa ang bawat estudyante ng pagsagot sa dalawang tanong sa aklat niya nang nagsosolo. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para mapag-alaman mo ang mga sagot nila at matasa mo ang mga ito.

1: (Ang Pag-ibig - Ang Pagdalangin sa mga Patay - Ang Pagkadiyos).

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulongan sa pagsagot sa ikatlong tanong. Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at tasahin mo ang mga ito, habang nagtatakda ng kamalian na kinasadlakan ng bawat grupo. Pagkatapos maglahad ka nito sa mga estudyante, kasama ng paglilinaw sa pamamaraan ng pagtatama rito. Pagkatapos takdaan mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay sa mga kaanib nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Magtutulungan ang mga estudyante sa pagsaliksik sa mga ibang anyong tagasalungat sa Tawḥīd ng Pagkadiyos, pagkatapos maglalahad sila ng nahantong nila sa tagapagturo para sa pagrepaso niya at awtorisasyon niya.

Magbibigay-babala ang bawat estudyante sa mga nakapaligid sa kanya laban sa mga anyong tagakontra sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian - Ang mga Katangiang Pampropeta).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Audio Medium - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang Prognosis
- Ang mga Mapa ng Pag-iisip - Ang Pansariling
Pagtanung-tanong - Ang mga Kontradiksiyon -
Ang Komplemento - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga
Tunguhin (Orientation):

- Ang Pananampalataya sa mga Pangalan ni
Allāh at mga Katangian Niya.

- Ang Pagsasadamdamin sa Kahalagahan ng
Pananampalataya sa mga Pangalan ni Allāh at mga
Katangian Niya.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itala mo sa pisara ang sumusunod na tanong.
Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa
nito sa mga kaklase niya, kasama ng pag-iisip nila
hinggil dito at pagbibigay ng mga sagot nila hinggil
dito, kasama ng pagpapaantala ng pagtatasa sa
mga ito pati na ang pagdaan sa mga hakbang ng
aralin.

PANUTO: Ukol kay Allāh ang mga pangalang
pinakamagaganda at ang mga katangiang
pinakamatataas. Kaya ano ang kaibahan sa pagitan
ng pangalan at katangian sa panig ni Allāh?

Ayon sa liwanag ng pagdaan sa naunang
hakbangin, magpanuto ka sa mga estudyante sa
pagsagawa ng prognosis sa pamagat ng aralin at
kung ano ang pumapatungkol dito. Pakaalamin mo

ang mga pagtugon nila, habang nagtatakda sa kanila ng pamagat ng aralin kasama ng pagtatala nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpatulong ka sa istilo ng mga mapa ng pag-iisip at ilahad mo ang mga sangkap ng aralin sa pamamagitan ng isang display screen o isang poster. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagbibigay ng mga tanong nila tungkol sa naiibigan nilang mapag-alaman tungkol sa mga sangkap na iyon.

Pakaalamín mo ang mga tanong ng mga estudyante at itala mo sa pisara ang naiiba mula sa mga ito para talakayan ito sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan at pagpapaliwanag. Ibigay mo sa kanila ang ilan sa mga tanong upang magpagabay sila sa mga ito at sa pagkakabalangkas sa mga ito.

Hakbang 2

Talakayin mo kasama ng mga estudyante ang mga tanong na ibinigay nila sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan para sa pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag sa mga sangkap ng aralin kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng mga iba pang tanong na pangkaragdagan para sa

paglubus-lubos sa lahat ng mga sangkap ng paksa. Maaari ang magpagabay sa mga sumusunod na tanong at magtalakay ng mga ito sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan.

PANUTO: Ano ang tinutukoy ng Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian?

PANUTO: Ano ang tinutukoy na ang mga pangalan ni Allāh ay lahat pinakamagaganda?

PANUTO: Ang mga pangalan ni Allāh ba ay nagpapahiwatig ng mga paglalarawan niya? Ipaliwanag mo iyon.

PANUTO: Ang pangalan ni Allāh na Al-Ghafūr (Ang Mapagpatawad) ay nagpapahiwatid ng katangian ng at ang Ar-Raḥīm (Ang Maawain) ay nagpapahiwatig ng katangian ng

PANUTO: Ano ang tinutukoy ng mga Katangian ni Allāh?

Magpanuto ka sa mga estudyante sa loob ng pagsagot sa pakikinig sa mga tekstong pangkapahayagang nauugnay roon sa pamamagitan ng audio medium, kasama ng pakikipagtalakayan sa pakahulugan ng mga ito sa kanila, para maglinaw sa iginagabay nito.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang mapa ng pag-iisip (comparative form map), na ipinaliliwanag sa pamamagitan nito ang mga katangiang positibo at ang mga katangiang ikinaila ni Allāh para sa sarili Niya. Matapos ng pagbibigay-linaw sa bawat porma ng dalawang porma ng mga katangian at ng paglilinaw sa mga tekstong nauugnay sa dalawang ito, magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbubulay-bulay sa mapa upang mapag-alaman ang saklaw ng kaibahan sa pagitan ng dalawang uri ng mga katangian.

*** Ang Paghuhulo**

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na parirala. Hilingin mo sa kanila ang pagkumpleto ng mga ito ayon sa liwanag ng pagkauna nila sa mga ideya ng aralin at mga sangkap nito.

Tinutukoy sa Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Ang mga katangian ni Allāh ay nababahagi sa dalawang bahagi:

Kabilang sa mga katangian na pinagtibay ni Allāh para sa sarili Niya

Kabilang sa mga katangian na hindi inilalarawan sa pamamagitan nito si Allāh

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghango ng mga Pangalan ni Allāh at mga Katangian Niya mula sa Āyatulkursiy. Numero ng Layon 2, 3

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa mga āyah ng Qur'ān na nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng audio medium at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito.

Magpanuto ka sa bawat tatlo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagkumpleto ng talahanayang nasasaad sa mga aklat nila at sa pagtatakda sa mga pangalan at mga katangiang positibo at mga katangian na ikinaila ni Allāh sa sarili Niya, mula sa marangal na āyah.

Mamili ka ng isang individuwal mula sa bawat pangkat sa kundisyon na hahanay sila sa harap ng mga kaklase nila para maglahad ang bawat isa sa kanila ng nahantungan ng grupo niya, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda sa pinakahigit ng pangkat sa kakayahan sa paghulo ng tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsulat ng mga

Pangalan ni Allāh at Pagpalaganap Nito. Numero ng Layon 6

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagdisenyo ng isang poster na naglalaman ng 10 sa mga pangalan ni Allāh. Iyon ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kaanib ng pamilya niya, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa pagdisenyong nakaaakit. Pagkatapos magsasagawa sila ng paglalathala ng isang larawan nito sa social media.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang.

Basahin mo sa mga estudyante ang unang tanong at ang ikalawang tanong. Mamili ka ng bawat dalawa mula sa kanila para sa pagsagot sa isa sa mga sangkap ng dalawang ito, kasama ng paghahambing sa pagitan ng pagsagot sa kanilang dalawa ng mga kaklase nilang dalawa, para takdaan ang tumama mula sa kanilang dalawa.

PANUTO 1: - -

2: (Ang Nakahawak - Ang Kamatayan - Ang Kakayahan)

Magpapanuto ka sa dalawa sa mga estudyante upang magbasa ang bawat isa sa kanilang dalawa

ng isa sa mga sangkap ng ikatlong tanong, kasama ng pagpili sa isa sa mga kaklase nilang dalawa sa pagsagot sa kanilang dalawa. Magtatasa ito sa pagsagot nilang dalawa. Ito ay sa pamamagitan ng pagsubaybay ng tagapagturo at natitira sa mga kaklase at paghahayag ng opinyon nila sa sagot nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagpapatupad ng naisagawang mapag-alaman mula sa aralin sa pamamagitan ng:

sigasig ng bawat estudyante sa pag-alam sa mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya at pagsasadamdamin ng kahalagahan ng pananampalataya at paniniwala sa mga ito, at sa epekto niyon sa mga gawain nito at pagpapakalapit-loob nito kay Allāh.

Maghahanda ang bawat estudyante ng isang punong pampagtuturo na kinapapalooban ng mga pangalan ni Allāh, habang nagpapatulong doon sa mga magkakaibang reperensiya. Magsusumikap ang bawat isa sa kanila sa pag-empleyo ng mga kahusayan niyang pampagdidisenyo at pampagkamalikhain sa paghahanda at pagdidisenyo ng puno. Magsusubaybay ang tagapagturo sa pagganap ng mga estudyante,

kasama ng pagpuri sa pinakamainam sa kanila sa pagdisenyo.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagsamba - ang pagsambang pangsinasabi - ang pagsambang pangginagawa - ang pagsambang pampananalapi).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Values) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagdakila sa Pumapatungkol sa Pagsamba.

- Ang Pagsisigasig sa Pagganap ng mga Pagsamba.

- Ang Pagsasadamdamin ng Epekto ng Pagsamba sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa pagiging ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang kaaya-ayang tinutularan sa pagpapakamananamba kay Allāh yayamang pinagsama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang sigasig sa pagsamba at ang pagpapamalagi rito at ang pagkakatatamtaman dito at ang hindi pagkukulang sa mga karapatan ng mga tao sapagkat siya noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sa totoo ang pinakanatatakot sa mga nilikha at ang pinakamapangilag magkasala sa kanila kay Allāh. Pagkatapos maghahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa mga estudyante mo na magbukas ng aklat. Pipili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa ng aralin sa isang tinig na naririnig, kasama ng pagsubaybay ng natitira sa mga kaklase, at magtatakda ang bawat isa sa kanila ng mga bahagi na kinakailangan niyang maintindihan.

Makikipag-ugnayan ka sa kanila ng pinakamahalaga

Hakbang 2

Gagamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo at pagbabaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Magtatalaga ka sa bawat grupo ng pagtatakda ng kahulugan ng pagsamba at mga uri nito. Pagkatapos pipili ka ng isang estudyante mula sa bawat grupo upang maglinaw sa kahulugan at magpakilala ng bawat uri.

Ang Pagtatasa sa Kanila at ang Pagpapaalam sa Kanila ng Tumpak na Sagot.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang brainstorming at hihilingin mo sa bawat grupo na magtakda ng kaugnayan sa pagitan ng mga pagsambang nakalantad at nakakubli.

Mag-aalalay ka sa kanila sa paghulo ng pinakamahalaga sa mga bunga ng pagsamba.

Magtatalaga ka sa ilan sa mga estudyante sa pagsulat ng mga ito sa pisara.

Ang Paghuhulo (Deduction)):

Minamagaling na maghulo ka mula sa mga estudyante ng ilan sa mga sangkap ng aralin at magtama ka sa anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Pagkatapos isusulat mo ang mga ito sa pisara at maglalaman ang mga ito ng sumusunod:

Ang pagsamba ay isang pangalang tagatipon ng bawat anumang iniibig ni Allāh at kinalulugdan Niya na mga sinasabi at mga ginagawang nakakubli at nakalantad.

Nahahati ang pagsamba sa mga pagsambang nakalantad at mga pagsambang nakakubli.

Mga pagsambang pangsinasabi na ginaganap ng tao sa pamamagitan ng dila.

Mga pagsambang pangginagawa na ginaganap ng tao sa pamamagitan ng katawan niya.

Mga pagsambang pampananalapi na nauugnay sa paggugol ng salapi.

Ang mga pagsambang nakakubli, na tinatawag ng mga pagsambang pampuso, ay dahil ang mga ito ay natatangi sa puso. Ang mga ito ang pinakadakila sa mga pagsamba at ang pinakamahalaga sa mga ito.

Ang mga pagsambang nakalantad ay hindi nahiiwalay sa mga pagsambang nakakubli.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilina ng Kahalagahan ng Pagsamba at Pangangalaga Rito.

Numero ng Layon 3

Magtatalaga ka sa bawat estudyante ng pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa takdang aralin.

Ilalahad sa iyo ang mga sagot sa darating na pagkikita para halagahan ang mga ito at suportahan ang malikhain.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng mga Bahagi ng Pagsamba at mga Anyo Nito.

Numero ng Layon 2

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Magsasagawa ang bawat grupo ng pagsagot sa ikalawang aktibidad sa isang papel na nakahiwalay.

Matapos ng pagwawakas, pipili ang bawat grupo ng kakatawan dito upang sumagot nang pasalita sa aktibidad.

Isasagawa ang paghahalaga ng bawat grupo. Ang grupong tumama ay tagapagtaglay ng pinakamainam na pagsagot.

Ang Pagsamba Magbabalanse sa pagitan ng dalawa. Pangsinasabi Pangginagawa

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagmumungkahi ng

tatlong kaparaanang tutulong sa pangangalaga sa pagsasagawa ng ṣalāh sa oras nito. Numero ng Layon 6

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap sa ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng sagot niya sa isang panlabas na kard. Pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga sagot, kasama ng pagbubunyi sa tagapagtaglay ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Hihilingin mo sa bawat grupo ang makilahok sa isa't isa sa mga ito para sa paglutas sa mga sumusunod na tanong:

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa nito.

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulongan nila sa pagsagot.

Magtatalaga ka sa bawat grupo sa pamamagitan ng pagpili mo ng isang kaanib mula

rito para maglahad ng pagsagot nito at isasagawa ang pagtatasa nito.

PANUTO 1: (Ang Pampuso - Ang Pampananalapi - Ang mga Bunga ng Pagsamba).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pagsisigasig sa pagganap ng mga pagsambang isinatungkulin at ang pagsusumikap sa pagganap ng mga pagsambang itinuturing na kaibig-ibig.

Ang pag-alam sa pamamagitan ng isang higit na malawak na anyo sa mga uri ng mga pagsamba at mga patunay ng mga ito upang makadagdag sa pagpapakalapit-loob kay Allāh (napakataas Siya).

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Pagpapakawagas - Ang Pakikipagsunuran - Ang Paggawa ng Bid`ah - Ang Pag-ibig - Ang Pag-aasam - Ang Pangamba).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo
- Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang
Brainstorming - Ang Pakikipagtalakayang
Panggrupo).

Ang mga Minamahalaga (Values) at ang mga
Oryentasyon:

- Ang Pagpapakay ng Kaluguran ng Mukha ni
Allāh sa Lahat ng mga Sinasabi at mga Ginagawang
Nakalantad at Nakakubli.

- Ang Pagsisigasig sa Pakikipagsang-ayon ng
Pagsamba sa Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya
ni Allāh at Pangalagaan) sa Kayarian Nito,
Katangian Nito, at Pagsasaoras Nito.

- Ang Pagkaramdam ng Pag-ibig ni Allāh.

- Ang Pagkahumaling sa Awa ni Allāh at ang
Pagkadama ng Galak sa Kairalan Niya at Kainaman
Niya.

- Ang Pangamba kay Allāh at ang Pangingilabot
sa Pagdurusang Dulot Niya.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Pasisimulan mo ang aralin para sa mga
estudyante mo sa paglalahad ng sumusunod na

senaryo: (Pumunta si Ahmad sa paaralan saka narinig niya ang mga kaklase niya na nagpupuri sa kaklase nilang si Khālid, na nagdarasal at nagbabasa ng Marangal na Qur'ān, habang ito ay nakaupo, kasama nila, na natutuwang nagmamalaki dahil sa pag-uusap nila. Sumusumpa ito na siya ay hindi nakatulog kahapon ng gabi dahil sa pagdarasal niya sa gabi ng tahajjud.)

Pagkatapos makipagtalakayan ka sa kaklase mo hinggil sa opinyon nila sa senaryong ito at magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante, pagkatapos hilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa pagbasa ng aralin. Magtatalakayan ang bawat grupo hinggil sa pinakamahalaga sa mga ideya ng aralin.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiya ng pakikipagtalakayang panggrupo, makipagtalakayan ka hinggil sa mga kundisyon ng pagsamba at mga patunay nito.

Pagkatapos sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang pampaghuhulo, maghuhulo ang mga estudyante ng epekto ng pagwaksi sa pagpapakawagas o pakikipagsunuran, kasama ng

pagkakatig at pagpapalakas-loob sa tumama mula sa kanila.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng paggamit ng brainstorming, hilingin mo sa mga estudyante ang pag-iisip hinggil sa kaugnayan sa pagitan ng tatlong haligi ng pagsamba: ang pag-ibig, ang pangamba, at ang pag-aasam.

Pagkatapos talakayin mo ang nahantungan nila, kasabay ng paglilinaw sa mga patunay ng mga haligi.

Ang Paghuhulo (Deduction)):

Repasuhin mo ang mga ideya ng aralin kasama ng mga estudyante sa pamamagitan ng isang semantic map ng mga sangkap ng aralin.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghuhulo ng mga Kadahilanan ng Pagpasok sa Impiyerno at Kung Ano ang Kinakailangan sa Atin Para sa Pag-iwas sa Kahahantungan nila? Numero ng Layon 1

Sasagot ang bawat estudyante nang nagsosolo sa sumusunod na aktibidad sa isang papel na

panlabas, pagkatapos itutumpak mo ang mga sagot.

Hihilingin mo sa pinakamainam sa kanila na idisenyo ang aktibidad sa isang malaking poster, pagkatapos isabit ito sa silid-aralan.

Hindi niya isinakatotohanan ang pagpapakawagas sa pagsamba kaya hindi tatanggapin ang pagsamba niya yayamang nag-aral siya at bumigkas ng Qur'ān upang masabing nakaaalam at tagabigkas ng Qur'ān.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng Patunay sa mga Haligi ng Pagsamba.

Numero ng Layon 2

Ilalahad mo sa mga estudyante mo ang sumusunod na aktibidad nang pasalita, pagkatapos magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pag-iisip hinggil sa pagsagot niya.

Magbibigay ka sa kanila ng isang tinakdaang oras. Ang sinumang unang bumanggit ng tumpak na sagot, siya ang panalo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara nang paisha-isha.

Hihilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa mga sumusunod na tanong.

Pipili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran para maglahad ng mga pagsagot nila sa natitira sa mga estudyante.

Hilingin mo sa nagkakamali sa kanila ang pagsangguni sa nilalaman ng aralin para basahin ito para sa paghango ng tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: (X) - ($\sqrt{}$) - ($\sqrt{}$)

Aktibidad ng Pampagpapayaman:

Magsisigasig ang bawat estudyante sa pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh (napakataas Siya).

Ipaabot ng bawat estudyante ang natutuhan niya sa aralin sa mga kasapi ng mga nakapaligid sa kanya.

Magtutulungan ang mga estudyante sa pagdisenyo ng mga poster na naglalaman ng mga kundisyon ng pagsamba at mga haligi nito.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:
(Pagkakalamangan - Ang Malalaking Kasalanan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Audio
Medium).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pag-aanalisa sa mga Punto ng Pananaw -
Ang mga Advance Organizer - Ang Brainstorming
- Ang mga Semantic Map - Ang Pag-iisip na
Pabaligtad).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga
Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsusumikap sa Paggawa ng mga
Pagtalima at Pagsasamabuting-loob Bilang
Pagpupunyagi sa Pag-angat sa Pinakamataas sa
mga Antas ng Pananampalataya.

- Ang Paghimok sa Pagganap ng mga Gawaing
Dumadagdag sa Pananampalataya.

- Ang Pag-iwas sa mga Gawaing Bumabawas sa
Pananampalataya.

*** Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:**

Itala mo sa pisara ang sumusunod na pangungusap: "Ang pananampalataya ay bagay na permanente na hindi nadaragdagan at hindi nababawasan." Hilingin mo sa mga estudyante ang maglinaw ng opinyon nila rito. Magtalaga ka sa bawat isa mula sa kanila sa pagtatala ng punto ng pananaw niya hinggil sa pangungusap na nasa kuwaderno niya, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagpapaantala ng pagtatasa sa mga opinyon nila hanggang sa pagwawakas ng aralin.

Ipaliwanag mo sa mga estudyante ang paksa ng aralin, pagkatapos itala mo ang pamagat nito sa pisara.

*** Ang Paglalahad ng Aralin:**

Hakbang 1

Itala mo sa pisara ang dalawang sumusunod na parirala. Hilingin mo sa mga estudyante na maglinaw ng nalalaman nila tungkol sa dalawang ito, kasama ng paglalahad nila ng ilan sa mga halimbawang pampagpapatupad na nakikisang-ayunan sa parirala at anumang ipinahihiwatig nito.

(Ang pananampalataya ay paniniwala, pagsabi, at paggawa) - (Ang pananampalataya ay nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway).

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng estratehiya ng brainstorming, humiling ka sa mga estudyante na banggitin ang mga gawaing dumadagdag sa pananampalataya at magpalakas-loob ka sa kanila sa pagpapagana ng mga malikhaing kakayahan nila. Malugod mong tanggapin ang ilalahad nila kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil dito. Pagkatapos maglahad ka sa kanila ng isang semantic map na naglalaman ng mga gawaing iyon, kasama ng pagbibigay-linaw sa mga ito sa kanila at pagpapakahulugan sa mga tekstong nauugnay sa mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa estratehiya ng pag-iisip na pabaligtad, magtalaga ka sa mga estudyante sa paghantong sa mga gawaing bumabawas sa pananampalataya at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga ito, habang itinatakda ang mga tumpak na sagot at habang naglilinaw sa nauugnay sa mga ito na mga tekstong pangkapahayagan.

* Ang Paghuhulo

Magtatalaga ang tagapagturo sa mga estudyante upang magrepaso ang bawat isa sa kanila ng opinyon niya hinggil sa pangungusap na naisagawang mailahad sa sandali ng pagpapasimula ng aralin. Maglilinaw kung ano ang

nangyayari na isang pagpapaiba sa sagot matapos ng pagdaan sa mga kadalubhasaan nito at pag-alam ng nilalaman nito. Pakaaalaman niya ang mga sagot ng mga estudyante at ibibigay niya sa kanila ang feedback na nababagay.

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante na magbalangkas ang bawat isa sa kanila ng napag-alaman niya mula sa aralin sa tatlong pariralang pinaigsi, na nagpapahayag ng nakamit niya mula rito at ng kinakailangan sa kanya na gawin matapos ng pagkamit na ito. Pipili siya ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga pagtugon nila kasama ng pagkokomentaryo sa kanila at paghahambing sa pagitan nila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pampares, Pamamaraan ng pag-alam sa pagdagdag sa pananampalataya o pagbawas nito.

Numero ng Layon 1, 2

Hihilingin ng tagapagturo sa ilan sa mga estudyanteng nagpakahusay na basahin sa mga kaklase niya ang epektong nasasaad sa aktibidad. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa

kahulugan nito, sa kundisyon na magpagana sila ng mga kakayahan nilang pampag-aanalisa at pampaghuhulo sa paghantong sa pamamaraan ng pag-alam ng Muslim na ang pananampalataya niya ay nadaragdagan o nababawasan sa pamamagitan ng epekto. Malugod na tatanggapin ng tagapagturo ang mga sagot ng mga estudyante at makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito, habang humahantong kasama nila sa tumpak na pagsagot.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghantong sa Ilan sa mga Gawaing Dumadagdag sa Pananampalataya.

Numero ng Layon 2

Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante na bumanggit ng isang bilang ng mga maayos na gawaing nagsisikhay siya sa mga ito nang sa gayon madagdagan ang pananampalataya niya. Malugod na tatanggap ang tagapagturo ng sagot ng bawat estudyante.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa Pamamaraan ng Pagdagdag sa Pananampalataya.

Numero ng Layon 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante para sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo,

kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagsangguni sa nilalaman ng video clip. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng ibinigay nila na mga sagot kasama ng pagtatasa sa mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magtatalaga ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong. Mamili ka ng dalawang pangkat mula sa kanila para maglahad ng mga pagsagot ng dalawang ito, kasama ng paghahambing sa pagitan ng dalawang ito at pagtatakda sa pinakatama sa dalawang ito, kasama ng pagpapanuto sa bawat pangkat sa pagbabago sa anumang may naganap dito na mga kamalian.

PANUTO 1: (X) - ($\sqrt{\quad}$) - (X)

PANUTO 2: Dumadagdag at Bumabawas - Ang Dami ng Paghingi ng Tawad - Ang Malalaking Kasalanan.

Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante sa isang anyong pasapalaran, kung saan sasagot ang bawat isa mula sa kanilang dalawa sa isa sa mga sangkap ng ikatlong tanong; at mamili ka ng dalawang iba pa, kung saan magsasagawa ang

bawat isa sa kanilang dalawa ng pagsagot sa isa sa mga kaklase niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa pananatili sa pagganap ng mga pagtalima na dumadagdag sa pananampalataya, kasabay ng pag-iwas sa anumang bumabawas sa pananampalataya; at paghimok sa mga estudyante sa pagpapaligsahan sa isa't isa sa kanila para sa pagsasakatotohanan niyon.

Sasalig ang bawat estudyante sa mga kahusayan niyang pampag-oorganisa at pampagkamalikhain. Maghahanda siya ng isang polyetong napaloloob dito ang mga gawaing dumadagdag sa pananampalataya at ang mga gawaing bumabawas dito. Magsasagawa siya ng pagreregalo ng mga ito sa mga kaibigan niya upang mapag-alaman nila ang laman nito at sumunod sila rito.

Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

Ang Unang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang Paghuhulo (Deduction): (kapara - nagagalak ako - ang katangkilik nila).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Poster na Pampagtuturo - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

("Alam ko - Nais kong malaman - Natutuhan ko KWL" - Ang Istilong Pakuwento - Ang Istilo ng Brainstorming - Ang Paglunas sa mga Suliranin - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Pagpapahalaga ng Islām sa Paggawa ng Maganda sa mga Kamag-anak.

* Ang Paggaya sa Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pakikitungo sa mga Kamag-anak Niya.

* Ang Kabaitan sa mga Kamag-anak.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na parirala: "Ang mga kamag-anak ay may maraming karapatan sa Islām. Nagsagawa nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga karapatang ito ayon sa pinakaganap na paraan." Pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang paghuhulo ng kadahilanan ng pagtatangi ng aralin ng ḥadīth tungkol sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa mga kamag-anak niya.

Maglalahad siya sa mga estudyante sa isang pormang pampagpapaliwanag ng mga sangkap ng aralin. Iyon ay para sa pagbuo ng isang larawang pang-isip tungkol dito.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na binahagi sa tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ay naglalaman ng titik(Know: Alam ko).

Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng titik W (Want: Nais kong malaman).

Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng titik L (Learn: Natutuhan ko).

Ipaliliwanag ng tagapagturo sa mga estudyante ang pinapakay ng bawat bahagi. Pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang maglahad ng nalalaman nila mula sa mga naunang impormasyong tungkol sa pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kamag-anak niya at ang magtala niyon sa unang bahagi. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito upang mapag-alaman niya ang pampagkakaalam na background nila. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman mula sa mga impormasyon ng aralin at sa pagsulat nito sa ikalawang bahagi.

Hakbang 2

Magpapatulong ang tagapagturo sa istilong pakuwento sa paglalahad ng mga pagkakahayag ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kamag-anak niya na mga Muslim, kasama ng paglalahad ng mga ḥadīth na nagpapatunay sa mga ito at pagtalakay sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at paglililaw sa iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, italaga mo ang mga estudyante sa paglalahad ng mga pagsasakonsepto nila hinggil sa kinakailangan sa Muslim sa pakikitungo niya sa mga kamag-anak niya na hindi mga Muslim. Pakaalamin mo ang mga pagsagot nila, pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila ang mga pagkakahayag ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa hindi mga Muslim, habang binibigyang-linaw sa kanila ang mga ḥadīth na pampropetang marangal na nauugnay roon.

Hakbang 4

Magpatulong ka sa istilo ng paglutas ng mga suliranin. Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na suliranin at hilingin mo sa kanila ang paglilinaw sa pamamaraan ng paglutas nito. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng mga pagkakahayag ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Isang lalaking may apat na tiyuhin sa ama at tiyahin sa ina, na nagsisigasig sa pagpapanatili ng ugnayan sa mga tiyuhin niya sa ama subalit siya hindi nagpapanatili ng ugnayan sa mga tiyahin niya sa ama. Kaya ano ang opinyon ninyo sa gawain ng lalaking ito? Ano ang ipapayo ninyo sa kanya? "

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong bahagi ng kard na nasa kanila. Ito ay ang bahaging L na nakaugnay sa pagsulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa isang anyo ng mga sangkap na pangkalahatan. Pumili ka ng ilan sa mga kard at magsagawa ka ng pagkomentaryo sa mga ito, habang naghahayag ng opinyon mo sa inilaman ng mga estudyante sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghuhulo ng ipinahihiwatig ng patnubay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa mga kamag-anak.

Numero ng Layon 2

Minamagaling na magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo, na magsasagawa ang bawat grupo mula sa dalawang ito ng pagbabasa sa mga kaklase ng isang ḥadīth kabilang sa nasasaad sa unang aktibidad. Pagkatapos makikipagtalakayan ka kasama nila kaugnay sa dalawang ḥadīth. Pagkatapos magpapanuto ka sa bawat grupo sa pagpapakumpleto ng pagkakaalam hinggil sa aktibidad sa pamamagitan

ng pagsangguni sa mga reperensiyang elektroniko para sa pagpapadagdag ng mga impormasyon hinggil sa ipinahihiwatig ng ḥadīth, sa kundisyon na magsubaybay ka sa pagganap ng grupo roon at mahahantungan nila sa darating pagkikita.

Ang ipinahihiwatig nito:

Ang Pagkaawa ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Kamag-anak Niya na Hindi mga Muslim

Ang Pag-aalaga ng Propeta sa mga Anak ng mga Muslim na Kamag-anak Niya

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa Pinakamahalaga sa mga Kaparaanan ng Pag-aanyaya sa Hindi mga Muslim.

Numero ng Layon 4

Sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiya ng mainit na silya, uupo ang mga estudyante sa isang pormang bilog at may ilalagay na isang silya sa gitna ng bilog. Hihilingin ng Tagapagturo sa isa sa mga estudyante ang pag-upo sa mainit na silya.

Magpapanuto rito ang tagapagturo sa pagbasa sa mga kaklase nito ng sumusunod na parirala. Pagkatapos magsisimula ang estudyante sa malugod na pagsalubong sa mga tanong ng tagapagturo at mga kaklase hinggil sa pagpapaliwanag ng pariralang ito at pag-intindi

rito para sa paghantong sa isang mungkahi ng tatlong kaparaanan ng pag-aanyaya sa hindi mga Muslim sa lipunan mo tungo sa Islām.

Magsusubaybay ang tagapagturo at ang mga kaklase sa pagsagot ng mag-aaral at magtatasa naman sila nito. Magpapalitan sila ng mga impormasyon at mga ideya sa estudyante para makaalam sa tumpak na sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo sa mga estudyante ang mga sangkap na nasasaad dito nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Halagahan mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, habang tumitigil kasama nila sa mga pariralang mali at tama.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (✓) - (X) - (✓)

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo sa ikalawang tanong. Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan itutumpak ng bawat isa sa kanilang dalawa ang

sagot ng isa, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

PANUTO 3: `Abdullāh na anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) – Ḥamzah.

Magtala ka sa pisara ng bawat pangungusap mula sa mga pangungusap na nasasaad sa ikatlong tanong. Pumili ka ng tatlong estudyante, kung saan sasagot ang bawat isa sa kanila roon. Sa kaso ng pagkakamali ng alinman sa mga estudyante, magpanuto ka sa kanya sa pagrepaso sa aralin at pag-ulit ng pagbasa nito para sa paghantong sa tumpak na pagsagot sa pamamagitan ng sarili niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kamag-anak niya na mga Muslim at hindi mga Muslim at ang pananatili sa mga katangian at mga kaasalang kapuri-puri sa pakikitungo sa kanila.

Ang pakikipagharap sa mga pagkakahayag na negatibo na hindi nakikipagsang-ayunan sa

patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kamag-anak ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at paggabay sa sinumang nasasadlak sa mga pagkakahayag na negatibong ito at paghimok sa kanya sa pagsunod sa patnubay na pampropeta roon.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Kaugnay sa mga Kapit-bahay Niya

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang kapit-bahay - ang tagubilin - gagawin niyang tagapagmana [ko] ito).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Poster na Pampagtuturo - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

("Alam ko - Nais kong malaman - Natutuhan ko KWL" - Ang Istilong Pakuwento - Ang Istilo ng Brainstorming - Ang Paglunas sa mga Suliranin).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Paggawa ng Maganda sa mga Kapit-bahay.

* Ang Pag-iwas sa Paggawa ng Masagwa sa mga Kapit-bahay.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na ḥadīth sa pamamagitan ng display screen at ipapanuto niya sa kanila na magbasa nito at magbulay-bulay rito. Mamimili siya ng isa sa kanila para maglahad ng ipinahihiwatig nito. Isasagawa ang pagpapaliwanag ng kahulugan nito at pagkakaugnay nito sa aralin. **"Hindi tumigil si Gabriel sa pagtatagubilin sa akin kaugnay sa kapit-bahay hanggang sa mag-akala ako na gagawin niyang tagapagmana [ko] ito."**

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang pormang pampagpapaliwanag ng mga sangkap ng aralin. Iyon ay para sa pagbuo ng isang larawang pang-isip na pangkalahatan tungkol sa nilalaman ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na binahagi sa tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ay naglalaman ng titik K (Know: Alam ko).

Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng titik W (Want: Nais kong malaman).

Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng titik L (Learn: Natutuhan ko).

Ipaliliwanag ng tagapagturo sa mga estudyante ang pinapakay ng bawat bahagi. Pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang maglahad ng nalalaman nila mula sa mga naunang impormasyong tungkol sa pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kapit-bahay niya at ang magtala niyon sa unang bahagi. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito upang mapag-alaman niya ang pampagkakaalam na background nila. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman na mga impormasyon at mga ideya at sa pagsulat nito sa ikalawang bahagi.

Hakbang 2

Magpapatulong ang tagapagturo sa istilong pakuwento sa paglalahad ng mga pagkakahayag ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kapit-bahay niya, kasama ng paglilinaw sa mga ḥadīth na nagpapatunay sa mga pangyayaring iyon sa pamamagitan ng

display screen at pagbibigay-linaw sa iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, italaga mo ang mga estudyante sa paglalahad ng mga pagsasakonsepto nila hinggil sa kinakailangan sa Muslim sa pakikitungo niya sa mga kapit-bahay niya. Pakaalaman mo ang mga pagsagot nila, pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila ang mga pagkakahayag ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa mga kapit-bahay niya, habang binibigyang-linaw sa kanila ang mga ḥadīth na pampropetang marangal na nauugnay roon.

Hakbang 4

Magpatulong ka sa istilo ng paglutas ng mga suliranin. Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na suliranin at hilingin mo sa kanila ang paglilinaw sa opinyon nila rito at pamamaraan ng paglutas nito, kasama ng pag-uugnay rito sa paksa ng aralin: "Isang lalaking naghahain para sa mga anak niya ng pagkain at bungang-kahoy habang may nakatira sa kapit-bahayan niya na isang lalaking maralita na hindi nakakakaya sa paghahain ng pagkaing sasapat sa mga anak niya. Ang mayaman ay sumasaway sa mga anak niya laban sa pagbibigay ng anuman sa mga anak ng

maralita. Kaya ano ang opinyon ninyo roon? Ano ang ipapayo ninyo sa kanya?"

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong bahagi ng kard na nasa kanila. Ito ay ang bahaging L na nakaugnay sa pagsulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa isang anyo ng mga sangkap na pangkalahatan. Pumili ka ng ilan sa mga kard at magsagawa ka ng pagkomentaryo sa mga ito, habang naghahayag ng opinyon mo sa inilaman ng mga estudyante sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa mga Anyo ng Paggawa ng Maganda sa mga Kapit-bahay o Papperhuwisyo Nila.

Numero ng Layon 3

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagpuno ng talahanayan. Mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo, kung saan titindig sila na mga nakaharap sa mga kaklase nila. Maglalahad ang tagapagturo ng mga sangkap ng talahanayan nang

magkakasunud-sunod, sa kundisyon na maglahad ang kumakatawan ng bawat grupo ng sagot ng grupo nito tungkol sa mga sangkap na ito. Maghambing ka sa pagitan ng pagganap ng mga grupo, habang itinatakda ang pinakaeksakto sa mga ito sa paglalarawan at pag-aanalisa sa reyalidad.

Ang Paglailait sa mga Kapitbahay at ang Paggawa ng Masagwa sa Pagsasalita sa Kanila

Ang Pagreregalo sa mga Kapitbahay ng Kinakailangan Niya

Ang Paglabag sa Dangal ng Kapitbahay at mga Pinakababalan Niya

Ang Pagpapakaya sa Kapitbahay sa Paggawa ng May Kapakinabangan Niya at Kapakanan Niya

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagmungkahi ng Ilan sa mga Anyo ng Paggawa ng Maganda.

Numero ng Layon 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pakikilahok sa mga kaklase niya sa pagtatalakayan hinggil sa pagmungkahi ng ilan sa mga anyo ng paggawa ng maganda na maaari sa kanila ang magbigay ng mga ito sa kapit-bahay sa bawat anyo kabilang sa mga anyong naririyang sa ikalawang aktibidad. Magsigasig ka sa pag-alam sa isinagawa

ng mga estudyante at nahantong nila kasama ng mga kaklase sa darating na pagkikita.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa Pamamaraan ng Paghahalaga sa Pakikitungo sa mga Kapit-bahay.

Numero ng Layon 3

Mamamahagi ang tagapagturo sa mga estudyante ng ilan sa mga kard, kung saan nagdadala ang bawat kard ng isa sa mga sumusunod na bokabularyo: "palagi - minsan - madalang." Babasahin niya ang bawat parirala mula sa mga parirala ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila na iangat ang kard na nababagay sa parirala. Pakaaalamin niya ang mga pagsagot nila at tatasahin niya ang mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo sa ang mga sangkap nito nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Halagahan mo ang mga pagsagot ng mga

estudyante, habang tumitigil kasama nila sa mga pariralang mali at tama.

PANUTO 1: $(\checkmark) - (\checkmark) - (X) - (X)$

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo sa ikalawang tanong. Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan itutumpak ng bawat isa sa kanilang dalawa ang sagot ng isa, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

PANUTO 2: Ang Pagbabawal sa Paggawa ng Masagwa sa Kapit-bahay - sa Pagkain - Ang Pagperhuwisyo sa Kanila.

Itala mo sa pisara ang ikatlong tanong. Mamili ka ng tatlo mula sa mga estudyante, kung saan babanggit ang bawat isa sa kanila ng isang anyo kabilang sa mga anyo ng paggawa ng maganda sa kapit-bahay. Sa kaso ng pagkakamali ng alinman sa mga estudyante, magpanuto ka sa kanya sa pagrepaso sa aralin at pag-ulit ng pagbasa nito para sa paghantong sa tumpak na pagsagot sa pamamagitan ng sarili niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman

nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kapit-bahay niya at ang pananatili sa mga katangian at mga kaasalang kapuri-puri sa pakikitungo sa kanila.

Ang pakikipagharap sa mga pagkakahayag na negatibo sa lipunang nakapaligid at mga pakikitungo ng mga kaanib nito sa mga kapit-bahay at mga panauhin. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at paggabay sa mga individuwal na gumagawa ng mga masagwang gawaing ito at pagpapakilala sa kanila ng naisagawang pag-aaral sa pamamagitan ng paksa.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pakikitungo sa mga Bata

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang mag-anak - nagdikit siya sa akin - ang mga matanda - ang gupit na gupit na qaza`).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Paglutas ng mga Suliranin - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pagbibigay-halaga sa Pagpapahalaga ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Bata.

Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kabaitan sa mga Bata.

Ang Kabaitan sa mga Bata

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Pasisimulan mo ang aralin para sa mga estudyante sa pamamagitan ng isang senaryo na nagtataglay ng isang suliranin. Ito ay gaya ng sumusunod: "Pumunta sina Khālid at ang mga anak niya sa isang pamamasyal sa disyerto. Kinagabihan, umupo sila habang nagkukuwentuhan, naglalaro, at kumakain. Bigla namang dumating ang kapitbahay nilang si Aḥmad. Kasama niya ang mga anak niya, na namamasyal. Bumati sila sa kanya subalit sila ay nakapansin na siya, sa tuwing nagnais ang isa sa

mga anak niya na maglaro, ay nambubulyaw rito at nanghahamak dito sa harapan ng lahat. Nagpatuloy ang gayon sa hinaba-haba ng pamamasyal hanggang sa naiyak ang mga bata at halos nakatulog sila. Pagkatapos inulit niya ang panlalait at ang pagmumura sa kanila. Lumisan sila mula sa pamamasyal at hindi nakinig doon. Nagalit sina Khālid at ang mga anak niya sa pangyayaring ito. Umulit-ulit si Khālid sa pagsabi ng: **Ang hindi naaawa ay hindi kaaawaan."**

Pagkatapos makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pangyayaring ito. Hilingin mo sa kanila na maghayag ng opinyon nila at mga mungkahi nila hanggang sa magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at pagtatala nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat at gumamit ka ng estratehiya ng pagkatutong kooperatibo. Magtalaga ka sa bawat grupo sa pagtatakda ng kahulugan ng kabaitan at kahalagahan nito.

Mamimili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantong nila, pagkatapos magpapaalam ka sa kanila ng pinakaeksakto sa mga sagot.

Hakbang 2

Gamitin mo ang istilo ng brainstorming. Italaga mo ang mga estudyante sa paghuhulo ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa mga bata. Pagkatapos mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng nahantong nila at magtala nito sa pisara.

Hakbang 3

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat at magtalaga ka sa bawat grupo sa pagbanggit ng pamamaraan ng pagsisigasig sa pagdudulot ng edukasyon at pagtuturo sa mga bata at paghango ng patunay roon sa pamamagitan ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Mamimili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantong nila, pagkatapos magbibigay ka sa kanila ng feedback na nababagay.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na maglahad ng isang buod ng aralin sa isang

pamamaraang pasalita nang walang pagpapatulong sa mga nasulatang papel. Susuporta ka sa sinumang mahusay roon.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghuhulo ng Pamamaraan ng Pakikitungo ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Bata.

Numero ng Layon 2, 3

Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulongan sa pagganap ng unang aktibidad. Pagkatapos ilahad mo ang mga senaryong nasasaad sa aktibidad nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng display screen. Pakaalam mo ang pagsagot doon ng bawat pangkat, habang tinatakdaan ang pinakamainam na pangkat sa pagsusumikap at sa pagbanggit ng ipinahihiwatig ng bawat senaryo at mahusay na pagkakabalangkas at habang tinatakdaan ang pinakamainam sa mga pagkakabalangkas upang itala ang mga ito ng mga estudyante sa mga aklat nila.

Ang Paghalik sa mga Bata Bilang Pagkaawa sa Kanila at Pag-ibig sa Kanila

Ang Pakikipagmabaitan sa mga Bata at ang Pakikipaglaro sa Kanila

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglalarawan ng Pagkaramdam sa Ipinapahayag ng Pag-uugali.

Numero ng Layon 4, 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagsangguni sa nilalaman ng aralin. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng ipinaabot nila na pagkaramdam, kasama ng pagtatasa rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

1. Sasagot ang bawat estudyante sa unang tanong at ikalawang tanong sa kuwaderno niya.

2. Makikipagpalitan siya ng kuwaderno niya sa katabing kaklase niya upang tasahin nito ang sagot para sa kanya.

3. Mamimili ka ng isa sa mga estudyante upang maglahad siya ng sagot niya sa harapan ng natitira sa mga kaklase niya.

4. Hihiling ka sa bawat estudyante na sagutin niya ang ikatlong tanong sa takdang aralin.

5. Susuportahan mo ang pinakamainam na hindi umulit ng sagot.

PANUTO 1: - - - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magtutulungan ang mga estudyante sa pagtipon ng mga larawan ng kabaitan sa mga bata at iingatan ang mga ito sa aklatan ng silid-aralan.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa Pakikitungo sa Hindi mga Muslim

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagkagabay - ang pagkalisya - palasumpa - Ang Bundok ng Al-Akhshabān - naghahangad).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pansariling Pagtanung-tanong - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagsasadamdamin ng Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Pakikitungo Niya sa Hindi mga Muslim.

* Ang Pagdakila sa mga Pinahahalagahan (Value), mga Prinsipyo, at mga Pag-uugaling Islāmiko.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na parirala na naglalaman ng isang kamaliang taglay ng ilan sa mga tao at hilingin mo sa kanila na pagbulay-bulayan ito at maglinaw sa saklaw ng pagkasang-ayon nila o pagkasalungat nila rito. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang introduksiyon para sa aralin at pagpapakilala ng mga layon nito.

(Nagpapalagay ang ilan sa mga tao na ang pagkakaiba-iba sa relihiyon ay isang kadahilanan

ng kasagwaan ng nilikha sa mga tagasalungat at pagpayag sa pang-aapi sa kanila).

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map at para sa pag-organisa ng pagkakaalam na pang-isip hinggil sa mga sangkap ng aralin, maglalahad ang tagapagturo, sa pamamagitan ng isang poster, sa isang pormang organisasyonal para sa mga pagkakahayag ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa hindi mga Muslim.

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, hihiling ang tagapagturo sa mga estudyante na magbigay ng ilang tanong na naiibigan nilang mapag-alaman tungkol sa mga pagkakahayag na iyon. Magtitipon siya ng mga tanong nila at magtatala ng mga ito sa pisara. Maaari sa kanya na pagyamanin ang mga ito sa pamamagitan ng mga tanong na pangkaragdagan upang sumaklaw sa magkakaiba sa mga sangkap ng aralin. Baka magiging kabilang sa mga tanong na ilalahad:

PANUTO: Ano ang pinapakay ng kalayaan sa paniniwala?

PANUTO: Nagpabatid pa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isa sa pagpasok sa Islām.

PANUTO: Nakitungo ba ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng may pagkaawa sa mga tagatangging sumampalataya.

PANUTO: Papaano tinapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pagperhuwisyong pisikal at sikolohikal na naranasan niya sa mga tagapagtambal?

PANUTO: Ginawa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pangangaway sa hindi mga nakikipagdigmaan na kabilang sa malalaking kasalanan na nag-oobliga ng pagkakait ng Paraiso. Ipaliwanag mo iyon.

PANUTO: Papaano tumupad ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kasunduan.

PANUTO: Pumayag ba ang Islām sa pagbisita sa hindi mga Muslim, pagdalaw sa mga maysakit nila, at pagkakaloob ng mga regalo sa kanila?

PANUTO: Ano ang mga senaryo na naglalantad ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa hindi mga Muslim.

Hakbang 2

Tatalakayin ng tagapagturo ang patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa hindi mga Muslim sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag kasama ng pagtatalakay sa mga sumusunod na tanong at pagsasanib sa mga ito sa pagbibigay-linaw. Sa sandaling iyon, ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga marangal na ḥadīth na nagbibigay-diin sa pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa hindi mga Muslim isang magandang istilo. Hihilingin niya sa mga estudyante ang makilahok sa pagbasa ng mga ito, pag-aanalisa ng mga ito, at pagpapaliwanag ng mga kahulugan ng mga kahulugan ng mga ito at iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pagtutumpak sa mga pagsasakonseptong mali, ipanuto mo ang dalawang sumusunod na senaryo sa mga estudyante at hilingin mo sa kanila ang maghayag ng opinyon hinggil sa dalawang ito. Sa pamamagitan ng pagtatasa sa mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang tumpak na sagot, kasama ng pag-uugnay rito sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa hindi mga Muslim.

Iniiwasan ng ilan sa mga Muslim ang pakikitungo sa hindi mga Muslim kaya naman hindi sila tumatanggap ng mga regalo ng mga ito,

hindi sila nagtitinda sa mga ito, at hindi sila bumibili sa kanila.

Nagpapalagay ang ilan sa mga tao na ang katarungan sa hindi mga Muslim at ang pagbibigay sa kanila ng mga karapatan nila ay nangangahulugan ng pagkilala sa mga pinaniniwalaan nilang mali.

* Ang Paghuhulo

Mag-uulit ang bawat estudyante sa pagbatid sa pariralang naisagawang mailahad sa sandali ng pagpapasimula para sa aralin. Pagbubulay-bulayan niya ito sa muli. Tatanungin niya ang sarili niya: Nag-iba ba ang pagsasakonsepto niya sa pariralang iyon matapos ng pagwawakas ng pagbibigay-linaw sa aralin? At bakit? Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para sa paglalahad ng mga pagtugon nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagbibigay-patunay sa Pakikitungo ng Sugo (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Hindi mga Muslim.

Numero ng Layon 2, 3

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Itala mo sa bawat kard ang isa sa mga patunay na nasasaad sa unang aktibidad. Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante nang sa gayon pumili ang bawat isa sa kanilang dalawa ng isang kard nang pasapalaran. Magsasagawa ang bawat dalawa mula sa mga estudyante ng paglalahad ng ipinahihiwatig ng bawat patunay sa kard na mga anyo ng pakikitungo sa hindi mga Muslim. Magsusubaybay ang mga kaklase nilang dalawa sa mga pagsagot nilang dalawa, kasama ng pagtatasa sa kanilang dalawa ng mga kaklase at ng tagapagturo.

Ang ipinahihiwatig nito:

Ang Sigasig sa Kapatnubayan Nila at Pag-aanyaya sa Kanila sa Islām sa Pamamagitan ng Pinakamagaganda.

Ang Pagtupad sa mga Kasunduan at ang Hindi Pangangaway sa Hindi mga Nakikipagdigmaan.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghahayag ng Opinyon sa mga Senaryo ng Pakikitungo sa Hindi mga Muslim.

Numero ng Layon 4, 5

Maghahanda ang tagapagturo ng isang grupo ng mga kard, na ang ilan sa mga ito ay tinalaan ng

pangungusap na: "Sumasang-ayon ako" samantalang ang iba naman ay tinalaan ng: "Hindi ako sumasang-ayon." Magsasagawa siya ng pamamahagi ng mga kard sa mga estudyante.

Ilalahad ng tagapagturo ang mga sumusunod na senaryo sa aktibidad nang magkakasunod-sunod, sa kundisyon na iaangat ng mag-aaral ang kard na nakikisang-ayon sa opinyon niya sa senaryo. Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para magbigay-katwiran sa mga opinyon nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Ang Senaryo Sumasang-ayon ako. Hindi ako sumasang-ayon. Ang Pagbibigay-katwiran

Nakita mo ang kapitbahay mong Muslim na nananakit ng isang taong hindi Muslim nang walang anumang katwiran. Dahil ang Islām ay nagbawal ng pangangaway sa mga ibang tao nang walang anumang katwiran.

Nagkaloob sa iyo ng isang regalo ang isang kaklase mong hindi Muslim, habang siya ay nag-aanyaya sa iyo sa pag-alam sa relihiyon niya. Dahil ang regalong ito ay may layong mag-iwan ako ng Islām at maaaring makaapekto ito sa puso ko.

Nag-anyaya sa iyo ang isang kasamahan para dumalo sa isang pagdiriwang na panrelihiyon sa simbahan niya o templo niya. Dahil ang pagdalo ko roon ay isang pagkilala sa paniniwala niya.

Nagkasakit ang kasamahan mong hindi Muslim sa trabaho saka inanyāyahan ka ng isang tao para dalawin siya sa ospital. Dahil dito ay isang paggawa ng maganda para sa kanila at may isang daan para paibigin sila sa Islām.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang.

Sasagot ang bawat estudyante sa mga tanong na nasasaad sa pagtatasa nang nagsosolo.

Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan magtatasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa at tutuklas sa mga kamalian nito.

Pakaaalamin ng tagapagturo ang mga kamalian na kinasadlakan ng ilan at ang pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Babanggitin ng tagapagturo ang mga pangalan ng mga estudyante na hindi lumitaw sa pagtatasa sa kanila ang alinmang kamalian. Kakatigan niya sila at susuportahan niya ang pagganap nila.

PANUTO: (✓) - (X) - (X) - (X)

PANUTO 2:

Pag-anyaya sa hindi mga Muslim kasabay ng pagbibigay sa kanila ng kalayaan ng pagpili.

Ang lahat ng mga relihiyon ay walang-kabuluhan maliban sa Islām.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa pagkakailangan ng magandang pakikitungo hindi mga Muslim at ang paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) doon.

Pagbubulay-bulayan ng bawat estudyante ang mga senaryong nauugnay sa pakikitungo sa hindi mga Muslim sa lipunan niya. Sa kaso ng pagsalungat nito sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), magpapanuto siya ng pagpayo sa sinumang nakagagawa niyon.

Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Karapatan ng Muslim

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang Lugar: Kuwartero ng Klaseng Pampag-aaral.

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagtugon sa paanyaya - ang pagsasagawa ng tashmīt - ang bumahin.)

Ang mga Materyal na Pampagtuturong Hinihiling:

(Ang Pisara - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Halaga ng Karapatan ng Muslim.

* Ang Pagtatayo ng Tunguhin (Orientation) na Positibo Tungo sa Pagganap ng mga Karapatan ng mga Muslim.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Pagdakila ng Batas ng Islām sa mga Karapatan ng Muslim.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

- Ilahad mo sa mga estudyante mo ang sumusunod na tanong:

Ano ang kinakailangan sa iyo kapag nalaman mo na ang kaibigan mo o ang kapit-bahay mo ay maysakit sa bahay o dinapuan ito ng isang trahedya? Itala mo ang mga pagsagot ng mga estudyante mo sa pisara. Bahagi ng inaasahan na ito ay maging:

ang pagdalaw sa kanya, ang pagtayo sa tabi niya hanggang sa gumaling siya sa sakit niya, at ang pag-alalay sa kanya hanggang sa maglaho sa kanya ang trahedya.

Pagkatapos kukumpletuhin ang mga pagsagot nila sa pamamagitan ng pagbanggit sa karapatan ng Muslim sa kapwa Muslim at pagtatala ng mga ito sa pisara, at isusulat nito ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na basahin ang ḥadīth sa isang tahimik na pagbasa, kasama ng pagganyak sa kanila sa pag-intindi sa kahulugan nito at nilalayon nito. Pagkatapos hilingin mo sa kanila na takdaan ang mga mahirap na bokabularyo na ninanais nilang mapag-alaman ang kahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Magpakilala ka sa mga estudyante ng tagapagsalaysay ng ḥadīth, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mahihinuha mula sa mga gawain ng tagapagsalaysay at mga punto ng paggaya sa kanya.

Ipaliwanag mo sa mga mag-aaral ang pambuod na kahulugan ng ḥadīth at pangkalahatang layon mula rito. Magpapaalam ka sa kanila ng mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyong nasasaad dito.

Hakbang 3

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa mga pangkat at hilingin mo sa bawat grupo na magtulungan sa isa't sa mga ito sa paghango ng mga karapatang mahuhulo mula sa aralin. Pagkatapos magtatalaga ka sa isa sa mga estudyante, kabilang sa mga kaanib ng grupo, sa pagtatala sa pisara ng naisagawang paghantong at magkomentaryo ka sa pagganap nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

- Magtalaga ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa paghango ng mga etiketa at mga araling mahihinuha mula sa ḥadīth. Maglalahad ang bawat pangkat ng nahantong nito, pagkatapos mamimili ka ng pinakaeksakto sa mga ito at pinakamainam sa mga ito sa pagkakabalangkas at magtatala ka ng mga ito sa pisara upang ilipat nila ang mga ito sa mga kuwaderno nila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pag-alam sa mga Karapatan ng Muslim.

Numero ng Layon 3

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Nagpapahiwatig nito ang ḥadīth. Hindi nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghanggo ng Patunay sa mga Karapatan ng Muslim.

Numero ng Layon 1, 4

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na pampagtuturo na naglalaman ng sumusunod. Pagkatapos magsasagawa ka ng pagbasa ng mga teksto sa mga estudyante. Mamimili ka ng ilan sa mahuhusay para ulitin ang pagbasa ng mga ito sa mga kaklase nila, pagkatapos magbibigay-linaw ka at magpapaliwanag ka ng kahulugan ng mga teksto. Hihilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa aktibidad na ito sa mga kuwaderno nila. Mamimili ka ng ilan sa kanila para sa pagsagot at magtatasa ka sa kanila.

Ang mga Karapatan ng Muslim

(4)

(2)

(1)

(3)

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo sa mga estudyante ang bawat sangkap kabilang sa mga sangkap na nasasaad dito nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Halagahan mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, habang tumitigil kasama nila sa mga pariralang mali at tama.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (X) - (✓)

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo sa ikalawang tanong. Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan itutumpak ng bawat isa sa kanilang dalawa ang sagot ng isa, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

PANUTO 2: Ang Pagdalaw sa Kanya Kapag Nagkasakit Siya - Ang Pagtaboy sa Kawalang-

katarungan Palayo sa Kanya - Ang Kapwa Dalawang Ito.

Magtala ka sa pisara ng bawat pangungusap mula sa mga pangungusap na nasasaad sa ikatlong tanong. Mamimili ka ng tatlo mula sa mga estudyante, kung saan sasagot ang bawat isa sa kanila rito. Sa kaso ng pagkakamali ng alinman sa mga estudyante, magpanuto ka sa kanya sa pagrepaso ng aralin at pag-ulit ng pagbasa nito para sa paghantong sa tumpak ng sagot sa pamamagitan ng sarili niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Magsisigasig ang mga estudyante sa pagganap ng mga karapatang nasasaad sa aralin.

Maghahanda ang bawat estudyante ng isang kard na nililinaw rito ang mga karapatang nauugnay sa karapatan ng Muslim.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (paluwagan - antalaan - nagpanatili ng ugnayan sa akin - taning niya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagtalakayang Panggrupo - Ang Paglutas ng mga Suliranin - Ang mga Sirkulo ng Pagkatuto).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

* Ang Pag-iwas sa Pagputol ng Ugnayan sa Kaanak.

* Ang Pagpapaibig sa mga Tao sa Pangangalaga sa Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglahad ka ng isang pakikipagtalakayang panggrupo tungkol sa nalalaman nila tungkol sa mga karapatan ng mga kamag-anak at mga kaanak, kasama ng pagkakatiig sa kanila at

pagbibigay ng feedback na nababagay sa kanila. Pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa ḥadīth ng aralin ngayong araw.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na basahin ang ḥadīth sa isang tahimik na pagbasa, kasama ng pagganyak sa kanila sa pag-intindi sa kahulugan nito at nilalayon nito. Pagkatapos hilingin mo sa kanila na takdaan ang mga mahirap na bokabularyo na ninanais nilang mapag-alaman ang kahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Magpakilala ka sa mga estudyante ng tagapagsalaysay ng ḥadīth, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mahihinuha mula sa mga gawain ng tagapagsalaysay at mga punto ng paggaya sa kanya.

Ipaliwanag mo sa mga mag-aaral ang pambuod na kahulugan ng ḥadīth at pangkalahatang layon mula rito. Magpapaalam ka sa kanila ng mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyong nasasaad dito.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na suliranin at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila hinggil dito, pamamaraan ng pagharap dito, at pananaig dito. Sa pamamagitan ng mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang kainaman ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak.

"Pumanaw ang ina ni Khālid kaya pinutol niya ang ugnayan niya sa mga babaing kapatid niya dahil sa katwiran ng dami ng pinagkakaabalahan. Hindi na siya nagtatanong tungkol sa kanila kahit na sa mga okasyon at mga pagdiriwang."

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga sirkulo ng pagkatuto, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pag-upo sa isang pormang bilog at pakikipagtalakayan hinggil sa pamamaraan ng pagbibigay-babala sa mga tao laban sa kahihinatnan ng pagputol ng ugnayan sa kaanak.

Magsusubaybay siya sa mga pagganap ng mga estudyante at magtatalaga siya ng isa sa mga kaanib ng bawat sirkulo sa paglalahad ng nahantungan ng sirkulo niya, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa isinagot nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagbanggit ng tatlo sa mga aspeto ng pagpapahinuha at mga pagpapanuto na nahantong nila mula sa aralin.

Pakaalamin mo ang mga pagtugon ng bawat pangkat, habang nagkokomentaryo dito at habang ipinaliliwanag ang pagkakawangisan at pagkakaibahan sa pagitan nila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw ng mga Epekto ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak at Pagputol Nito.

Numero ng Layon 1, 4

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga tekstong nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng audio medium. Mamili ka ng isa sa mahuhusay sa pagbasa ng mga ito. Pagkatapos talakayin mo kasama nila ang mga bokabularyo ng mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, para sa paghango ng iginagabay ng mga ito.

Magtalaga ka ng bawat dalawang estudyante sa pagtalakay sa bawat teksto mula sa mga teksto

ng aktibidad nang magkakasunud-sunod at makipagtalakayan ka hinggil sa mga pagsagot nilang dalawa kasama ng mga estudyante para magpaalam sa kanila ng tumpak na sagot sa kundisyon na magtatala nito ang bawat isa sa kanila sa aklat niya.

Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan
Ang Kaparusahan ng Pagputol ng Ugnayan
Magpapanatili si Allāh ng ugnayan sa sinumang nagpapanatili ng ugnayan sa kaanak niya nang buong kabutihan. Ang Pag-iibayo ng Pabuya sa Pagkakawanggawa

Ang Pagkakait ng Pagpasok sa Paraiso

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Anyo ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak.

Numero ng Layon 4

Magtalaga ka ng bawat dalawang estudyante sa pagganap sa aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanya sa pagpapakamalikhain at paglathala ng bawat isa sa kanila ng mga pagtugon na nagbubukod sa kanya sa mga iba pa.

Mamimili ka ng isang bilang ng mga estudyante para maglahad ang bawat dalawa sa kanila ng pagsagot nilang dalawa para maghambing sa pagitan nilang dalawa at ng

pagtatakda sa kung alin sa kanilang dalawa ang pinakamainam sa pagsagot at susuportahan mo ang pinakamainam.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Talakayin mo ang mga tanong ng pagtatasa sa mga estudyante alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat. Magtutulungan ang bawat pangkat sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa mga aklat nila, kung saan sasagot ang bawat kaanib sa isa sa mga tanong at magsusubaybay naman ang mga kaklase niya.

Magsubaybay ka sa pagganap ng mga grupo para magpakatiyak sa paglahok ng lahat sa pagsagot at pagtatasa.

Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at itumpak mo ang mga ito. Pakaalaman mo ang mga kamaliang kinasadlakan nila para maglahad ng mga ito sa lahat at maglinaw sa pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Takdaan mo ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ituon mo ang papuri sa mga kaanib nito. Hilingin mo sa kanila na magsubaybay sa pagtutumpak ng mga grupo na nagkamali dahil sa mga pagkakamali ng mga ito.

PANUTO 1: mali - tumpak - tumpak - mali

PANUTO 2: Ang Lawak sa Panustos -
Humahaba ang Buhay Niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at
Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa
kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman
nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magtutulungan ang mga estudyante sa
pagdisenyo ng mga poster na nagpapaliwanag ng
mga kaparaanan ng pagpapanatili ng ugnayan sa
kaanak at pagbibigay-babala laban sa pagputol
nito at pagpapabaya rito, at sa paglalahad ng mga
ito sa iyo sa darating na pagkikita para mamili ng
pinakamainam sa mga ito at magkomentaryo rito
sa silid-aralan.

Ang pagbibigay-babala sa pamilya nila laban
sa pagputol ng ugnayan sa kaanak at ang
paglilinaw sa kahalagahan ng kainaman ng
pagpapanatili ng ugnayan dito.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkaawa at ang Paggalang

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang Prognosis - Ang Paglutas ng mga Suliranin - Ang Pag-uusisang Panlahat).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Pagkaawa, Lalo na sa mga Bata.

* Ang Pagsisigasig sa Pagpipitagan sa Matatanda sa Edad at mga May Mataas na Katayuan.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo: Sa sandaling pagdaan mo sa kalye, nakakita ka ng isang binatang nagtataas ng tinig niya sa isang matandang lalaki. Kaya ano ang payo na ibibigay mo sa kanya? Maaari sa iyo ang maghinuha sa pagpapayo mula sa marangal na hadith na ito. Pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Itala mo ang ḥadīth sa pisara. Hilingin mo sa mga estudyante na pagbulay-bulayan ito at asahan ang anumang pumapatungkol dito ang ḥadīth. Pakaalamin mo ang mga pagtugon nila, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Hakbang 2

Ipaliwanag mo sa mga mag-aaral ang pambuod na kahulugan ng ḥadīth at pangkalahatang layon mula rito. Magpapaalam ka sa kanila ng mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyong nasasaad dito.

Hakbang 3

Magpakilala ka sa mga estudyante ng tagapagsalaysay ng ḥadīth, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mahihinuha mula sa mga gawain ng tagapagsalaysay at mga punto ng paggaya sa kanya.

Hakbang 4

Magpatulong ka sa istilo ng puno ng pagkakaalam, kung saan magdidibuho ka ng isang punong pampagkakaalam na maglalaman ang mga estudyante sa loob nito ng nahinuha nila mula sa aralin, kung saan maglalahad ang bawat estudyante ng isa sa mga aspeto ng pagpapahinuha mula sa ḥadīth at magtatala siya sa isa sa mga sanga ng puno. Sa wakas, pagbulay-

bulayan nila ang porma at aalaman nila ang naabot ng pagkakumpleto nito at pagkasaklaw nito sa lahat ng mga panuto ng ḥadīth.

* Ang Paghuhulo

Magtalaga ka ng bawat estudyante sa pagbanggit ng mga paghuhulo na nahantungan niya matapos ng pagkaunawa niya sa aralin, kasama ng pagsulat sa pisara ng inilalahad nila, habang nagkokomentaryo rito at habang nagpapaliwanag sa saklaw ng pagkakaugnay nito sa aralin.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-uugnay sa Pagitan ng Ḥadīth ng Aktibidad at Ḥadīth ng Aralin.

Numero ng Layon 3, 4

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagpuno ng pormang nasasaad sa aktibidad. Mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo, kung saan titindig sila na mga nakaharap sa mga kaklase nila. Maglalahad ang tagapagturo ng bawat sangkap mula sa mga sangkap na napaloloob sa porma, sa kundisyon na maglahad ang kaanib na

kumakatawan sa bawat grupo ng sagot dito ng grupo. Maghambing ka sa pagitan ng pagganap ng mga grupo, habang itinatakda ang pinakaeksakto sa mga ito sa paglalarawan at pag-aanalisa sa reyalidad.

Sumasang-ayon ito sa ḥadīth ng aralin sa: Ang pagbibigay-diin sa kaasalan ng pagkaawa at ang paghimok para rito.

Lumalabis ito sa ḥadīth ng aralin sa:

1. Ang paglilinaw sa gantimpala ng pagkaawa at pabuya rito.

2. Ang pagkaawa ay pangkalahatan at hindi natatangi sa mga bata lamang.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw ng Pamamaraan ng Pagkaawa sa Bata.

Numero ng Layon: 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para magtasa sa mga pagsagot nila. Mamili ka ng pinakamainam sa kanila sa pagsagot sa punto ng katumpakan, kaayusan, at posibilidad ng pagpapatupad upang maglahad sila ng mga ito sa mga kaklase nila upang magpagabay naman ang mga iyon sa mga ito sa pagbabago ng mga sagot nila at pagwawasto sa mga ito.

Aktibidad 2: Ang Kahinaan ng Bata at ang Kawalang-kakāyahan Niya sa Pagtaboy ng Kawalang-katarungan.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraang ng Pag-uuri ng mga Pag-uugali.

Numero ng Layon: 5

Mamamahagi ang tagapagturo sa mga estudyante ng ilan sa mga kard, na nagdadala ang bawat kard ng isa mga sumusunod na bokabularyo: "pagkaawa sa bata - paglubos sa karapatan ng matanda." Babasahin niya ang bawat larawan mula sa mga larawan ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila ang kard na nababagay sa parirala. Pakaaalaman niya ang mga pagsagot nila at tatasahin niya ang mga ito. Makikipagtalakayan siya kasama ng sinumang sumasagot ng sagot na hindi nababagay at magpapaalam siya rito ng tama kasama ng pagbibigay-katwiran.

Pagkaawa sa Bata Paglubos sa Karapatan ng Matanda

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Minamagaling na ilahad mo sa mga estudyante ang unang tanong at ang ikalawang tanong. Mamili ka ng ilan sa kanila upang sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap ng dalawang tanong, sa kundisyon na magsubaybay siya sa mga kaklase nila at magtasa naman sila sa mga pagsagot nila.

PANUTO 1: - -

PANUTO 2: Ang Pag-aayuno - Ang mga Etiketa Natin - Ang Pagkaawa

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong nang nagsosolo. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nilang dalawa kasama ng paghahambing sa pagitan nilang dalawa, para magbigay ng pagpapalakas-loob na nababagay sa tagapagtaglay ng tumpak na sagot, at para maggabay sa natitira sa mga estudyante para magtama sa mga pagsagot nila ayon sa liwanag ng pinakikinggan nila.

PANUTO 3:

Bahagi ng Paggalang sa Matanda

Ang Hindi Paglalakad sa Harapan Niya

Ang Pagpapaalam Bago Pumasok sa Kanya

Ang Magandang Pag-aasal sa Kanya sa Sandali ng Pagsasalita

Ang Pagkuha ng Opinyon Niya

Bahagi ng Pagkaawa sa Bata

Ang Pagtaboy ng Perhuwisyo Palayo sa Kanya

Ang Pagtigil sa Pagperhuwisyo sa Kanya at
Pananakit sa Kanya

Ang Paglalaro Kasama Niya

Ang Pagdudulot ng Edukasyon sa Kanya at ang
Pagtuturo sa Kanya

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at
Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa
kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman
nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsisigasig sa pagpapatupad ng mga
panuto na nasasaad at ipinahiwatig ng ḥadīth at
ang pagsasakatotohanan sa pagpipitagan sa
matatanda at mga may mataas na katayuan at ang
paggalang sa kanila kasama ng pagpupunyagi sa
pagpapaalam sa mga kaanib ng pamilya at mga
nakapaligid ng mga panutong iyon upang
mapatnubayan sila sa pamamagitan ng mga iyon.

Ang Ikawalong Aralin: Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (manahimik siya - ay magpaparangal siya sa kapitbahay niya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Poster na Pampagtuturo - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

("Alam ko - Nais kong malaman - Natutuhan ko KWL" - Ang Istilong Pakuwento - Ang Istilo ng Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pakikitungo sa Kapit-bahay at Panauhin.

* Ang Pagpapaibig sa Pagsasalitang Kaaya-ayang Napakikinabangan.

* Ang Pagkakailangan ng Paggawa ng Maganda sa mga Kapit-bahay.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Pagpaparangal sa Panauhin.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang pormang pampagpapaliwanag ng mga sangkap ng aralin. Iyon ay para sa pagbuo ng isang larawang pang-isip na pangkalahatan tungkol sa nilalaman ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na binahagi sa tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ay naglalaman ng titik K (Know: Alam ko).

Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng titik W (Want: Nais kong malaman).

Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng titik L (Learn: Natutuhan ko).

Ipaliliwanag ng tagapagturo sa mga estudyante ang pinapakay ng bawat bahagi. Pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang maglahad ng nalalaman nila mula sa mga naunang impormasyong tungkol sa pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kapit-bahay niya at mga panauhin niya at ang

magtala niyon sa unang bahagi. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito upang mapag-alaman ang pampagkakaalam na background nila. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman na mga impormasyon at mga ideya at sa pagsulat nito sa ikalawang bahagi.

Hakbang 2

Magpapatulong ang tagapagturo sa istilong pakuwento sa paglalahad ng mga pagkakahayag ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kapit-bahay at pagpaparangal sa panauhin, kasama ng paglilinaw sa mga marangal na ḥadīth na nauugnay sa mga pangyayaring iyon sa pamamagitan ng display screen at ng pagbibigay-linaw sa iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, italaga mo ang mga estudyante sa paglalahad ng mga pagsasakonsepto nila hinggil sa kinakailangan sa Muslim sa pakikitungo niya sa kapit-bahay at panauhin. Pakaalaman mo ang mga pagsagot nila, pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila ang mga pagkakahayag ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa mga kapit-bahay niya at mga panauhin niya, habang binibigyang-linaw sa

kanila ang mga ḥadīth na pampropetang marangal na nauugnay roon.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong bahagi ng kard na nasa kanila. Ito ay ang bahaging L na nakaugnay sa pagsulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa isang anyo ng mga sangkap na pangkalahatan. Pumili ka ng ilan sa mga kard at magsagawa ka ng pagkomentaryo sa mga ito, habang naghahayag ng opinyon mo sa inilaman ng mga estudyante sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Anyo ng Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin.

Numero ng Layon 4

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para basahin sa mga kaklase niya ang aktibidad, pagkatapos talakayin mo ito sa kanila sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagtatakda ng

kahulugang hinihiling sa aktibidad sa tinakdaang lugar sa talahanayan.

Nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

Hindi nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagtutulungan at Pag-ugnay.

Numero ng Layon 3

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagpuno ng talahanayan. Mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo, kung saan titindig sila na mga nakaharap sa mga kaklase nila. Maglalahad ang tagapagturo ng mga sangkap ng talahanayan nang magkakasunud-sunod, sa kundisyon na maglahad ang kumakatawan ng bawat grupo ng sagot ng grupo nito tungkol sa mga sangkap na ito. Maghambing ka sa pagitan ng pagganap ng mga grupo, habang itinatakda ang pinakaeksakto sa mga ito sa paglalarawan at pag-aanalisa sa reyalidad.

Ang Naaangkop Dito Mula sa Ḥadīth

"magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."

"magparangal siya sa kapit-bahay niya."

"magparangal siya sa panauhin niya."

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Pagkapanganib ng Dila.

Numero ng Layon 4

Magpanuto ka sa bawat estudyante ng pagbatid sa link na nariryan sa aktibidad upang mapaglinawan sa kanya ang pagkapanganib ng dila. Magtalaga ka sa kanila sa pagbubuod ng pinakamahalaga sa naisagawang pagpapahinuha mula rito. Magsigasig ka sa pag-alam sa isinagawa ng mga estudyante at nahantong nila, sa darating na pagkikita.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo ang mga sangkap nito nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Halagahan mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, habang tumitigil kasama nila sa mga pariralang mali at tama.

PANUTO 1: (X) - (✓) - - (✓) - (X)

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo sa ikalawang tanong. Magpapalitan ang bawat estudyante ng sagot niya

sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan itutumpak ng bawat isa sa kanilang dalawa ang sagot ng isa, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

M

Ang Pag-uugali

Ang pag-aabang-abang sa pag-alam sa mga lihim ng mga kapit-bahay ay: pag-uugaling hindi tumpak.

Ang pagtatanong tungkol sa mga anak ng kapit-bahay na may pinuntahan at ang pagtugon sa mga pangangailangan nila ay: pag-uugaling tumpak.

Ang pagsasalita tungkol sa mga lihim ng kapit-bahay at ang pagbubunyag sa mga kakanyahan niya ay: pag-uugaling hindi tumpak.

Ang pagtatapon ng basura sa harapan ng mga kapit-bahay ay: pag-uugaling hindi tumpak.

Ang paghahangad ng pabuya [mula kay Allāh] sa paggugol sa panauhin ay: pag-uugaling tumpak.

Ang pagpapabatid sa kaklase mo na may ibang kaklase na ininsulto niya kahapon ay: pag-uugaling hindi tumpak.

Ang pagtatanggol sa panauhin, kapag may isang umaway sa kanya, ay: pag-uugaling tumpak.

Ang pagtaas ng tunog ng telebisyon hanggang sa makagambala ito sa mga kapit-bahay ay: pag-uugaling hindi tumpak.

Para sa pagsagot sa ikatlong tanong, magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsagot nito nang nagsosolo at daraan siya sa kanila para pakaalaman ang mga pagsagot nila, habang ipinapanuto ang nagkakamali sa kanila sa tumpak na sagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsisigasig sa paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kapitbahay niya at mga panauhin niya. Ang pananatili sa pananahimik at higit na mabuti kaysa sa pagsasabi ng kabulaanan.

Ang pakikipagharap sa mga pagkakahayag na negatibo sa lipunang nakapaligid at mga pakikitungo ng mga kaanib nito sa mga kapitbahay at mga panauhin. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at paggabay sa mga individuwal na gumagawa ng mga masagwang gawaing ito at pagpapakilala sa kanila ng naisagawang pag-aaral sa pamamagitan ng paksa.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Balanse at ang Kaigihan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Balanse - Ang Kaigihan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang Semantic Map - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Balanse sa mga Karapatan.

* Ang Pag-iwas sa Pag-aatang sa Tao ng Hindi Niya Nakakaya na Pagsamba.

* Ang Pagsasadamdamin ng Pagsasaalang-alang ng Islām sa Naturalesa ng Tao at mga Pangangailangan Niyang Espirituwal at Pisikal.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Lalim ng Pagkaintindi ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanilang Lahat) sa Islām at Mensahe Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga advance organizer, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo at ang kasunod nito na mga tanong. Pakaaalaman niya ang mga pagsagot nila at itatala niya sa pisara ang naiiba mula sa mga ito. Magtatawag-pansin siya sa kanila sa pagsubaybay ng aralin nang maigi dahil sa pamamagitan nito makakakaya sila sa paghantong sa tumpak na pagsagot sa pamamagitan ng mga sarili nila.

"May isang babaing nagpapanatili ng ṣalāh sa oras nito subalit siya ay hindi tumatalima sa asawa niya at hindi nagbibigay rito ng mga karapatan nito. Nag-aakala siya na ang mga karapatan ni Allāh ay higit na marapat at higit na mahalaga kaysa sa alinman sa mga iba pang karapatan. Kaya ano ang hatol doon? Ano ang ipapayo mo sa kanya?"

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na basahin ang ḥadīth sa isang tahimik na pagbasa, kasama ng pagganyak sa kanila sa pag-intindi sa kahulugan nito at nilalayon nito. Pagkatapos hilingin mo sa kanila na takdaan ang mga mahirap na bokabularyo na ninanais nilang mapag-alaman ang kahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Magpakilala ka sa mga estudyante ng tagapagsalaysay ng ḥadīth sa punto ng pangalan niya, taguri sa kanya, buhay niya, mga kainaman niya, at pagpanaw niya.

Pagkatapos mamili ka ng isa sa mga estudyante upang magpahayag sa pamamagitan ng istilo niya ng nakilala niya sa tagapagsalaysay ng ḥadīth.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng mga semantic map, talakayin mo ang ḥadīth sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at paglalahad.

Maglahad ka sa pamamagitan ng isang poster ng isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga sumusunod na ideya para sa pakikipagtalakayan sa mga estudyante kaugnay sa mga ito. Ang mga ito ay ang karapatan ni Allāh - ang karapatan ng mag-anak - ang karapatan ng sarili.

Ipaliwanag mo sa mga estudyante ang mga ideyang ito at ang pagkakaugnay ng mga ito sa ḥadīth at sagutin mo ang mga tanong nila.

Hakbang 4

Gagamit ka ng istilo ng pagkatutong kooperatibo.

Magtatalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtatakda ng pamamaraan ng pakikipagbalanse sa pagitan ng mga nauukol sa Mundo at Kabilang-buhay. Magpalakas-loob ka sa mga estudyante sa pagpapalabas ng marami at sarisaring pagtugon.

Ilalahad ng pinuno ng bawat grupo ang nahantungan ng grupo niya, habang ibinigay sa kanila ang pagsuportang nababagay, sa kundisyon na kumpletuhin ng bawat grupo ang pagsagot nila ayon sa liwanag ng mapag-aalaman nito mula sa mga pagsagot ng mga ibang grupo.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante at magtatalaga ka sa bawat isa sa kanila sa pagpapahayag, sa pamamagitan ng istilo niya, ng isa sa mga pagpapanuto at mga katuturang namumutawi sa pagkaunawa niya sa ḥadīth at kung papaano siyang magpapatupad ng mga ito sa buhay niya. Pagkatapos ibigay mo sa kanila ang feedback na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa magpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng Paglilibang na Pinapayagan at Hindi Pinapayagan.

Numero ng Layon 3, 4

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw sa Saloobin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Maybahay Niya at mga Kamag-anak Niya.

Numero ng Layon 3

Ilahad mo ang ikalawang aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng mga pakikipagtalakayan, ibigay mo sa kanila ang tanong ng aktibidad, kung saan sasagot sila roon, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang magbuod siya ng tumpak na sagot at magsulat siya ng mga ito sa kuwaderno niya.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa Pamamaraan ng Pakikipagbalanse sa Pagitan ng mga Karapatan.

Numero ng Layon 4, 5

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa dalawang grupo. Italaga mo ang una sa kanila sa pagbasa at pag-ulit ng mga āyah ng Qur'ān at italaga mo ang ikalawa sa pagrepaso at pagtutumpak ng kinasadlakan nila na mga kamalian, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat isa sa dalawang ito. Pagkatapos ipaliwanag mo ang ipinahihiwatig ng mga uri ng pakikipagbalanse sa pagitan ng mga karapatan.

Ang Āyah:

{وَالَّذِينَ إِذَا أَنْفَقُوا لَمْ يُسْرِفُوا وَلَمْ يَقْتُرُوا وَكَانَ بَيْنَ ذَلِكَ قَوَامًا}

{[Sila] ang mga kapag gumugol ay hindi nagpapakalabis at hindi sila nagkukuripot, at laging nasa pagitan niyon ay katamtaman.}
(Qur'ān 25:67)

Ang ipinahihiwatig nito: Ang pakikipagbalanse sa Paggugol ng Yaman.

(وَأَتَّبِعْ فِيمَا ءَاتَاكَ اللَّهُ الدَّارَ الْآخِرَةَ وَلَا تَنْسَ نَصِيبَكَ مِنَ الدُّنْيَا
وَأَحْسِنْ كَمَا أَحْسَنَ اللَّهُ إِلَيْكَ)

{Hangarin mo sa anumang ibinigay sa iyo ni Allāh ang tahanan sa Kabilang-buhay at huwag mong kalimutan ang bahagi mo sa Mundo.}

(Qur'ān 28:77) Ang ipinahihiwatig nito: Ang pakikipagbalanse sa Pagitan ng Paggawa Para sa Kabilang-buhay at ang Pagpapakatamasa ng mga Kaaya-ayang Bagay sa Mundo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat para sa pagtutulungan sa isa't isa sa kanila sa pagsagot sa mga sumusunod na pagtatanung-tanong.

Sasagot ang bawat grupo sa isang tanong mula sa mga tanong.

Magpapalitan ang bawat grupo ng sagot sa ibang grupo para magtasa nito.

Ang pagsuporta sa grupo na tumama.

PANUTO 1: Ang Pakikipagbalanse sa Pagitan ng mga Karapatan - Paggawa Ayon sa Isang Bahagi ng Ḥadīth - Magpapayo ako sa mga Muslim.

PANUTO 2:

1. Kinasusuklaman ang pag-atang sa tao ng hindi niya nakakaya na pagsamba.

2. Kailangan sa Muslim na gumanap ng mga karapatan ni Allāh, kasama ng pagsasaalang-alang sa karapatan ng mga anak niya.

3. Nagpapahalaga ang Islām sa mga aspetong espirituwal at pisikal nang magkasama.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsusumikap sa pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan niya at hindi pagpapakulang sa isang karapatan kabilang sa mga karapatan.

Ang pagtutulungan sa paggawa ng polyetong ipinaliliwanag dito ang kahalagahan ng balanse sa pagitan ng lahat ng mga karapatan at mga tungkulin, at ang pagpupunyagi sa pagpapalaganap ng mga ito at pagpapaalam sa

mga ito para sa pag-impluwensiya sa mga ibang tao at pagganyak sa kanila sa paggawa ng bawat anumang bahagi ng pumapatungkol dito na magsanhi ito sa kanila na magtatamo ng ganti sa mga tagapangilag magkasala.

Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakaran

Ang Unang Aralin: Ang mga Patakaran ng Wuḍū'

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagkatuluy-tuloy - mga sunnah ng wuḍū' - mga tagasira ng wuḍū' - ang paglubus-lubos sa pagsasagawa ng wuḍū').

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pamgpagtuturo - Ang Pisara).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Paglutas ng mga Suliranin - (Deduction):
- Ang mga Praktikal na Paglalahad - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin ng Kahalagahan ng Ṭahārah.

- Ang Pagsisigasig sa Pagsasagawa ng Wuḍū' sa Isang Tumpak na Paraan.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Sigasig ng Islām sa Ṭahārah ng Katawan at Lugar.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na suliranin. Pakaalaman mo ang opinyon nila rito, ang pamamaraan ng paglunas dito, at ang pakikitungo rito. Ipaliwanag mo sa kanila na sa pamamagitan ng pagsubaybay sa aralin, makakakaya sila sa paglutas ng suliraning ito.

"Nagsagawa ng wuḍū' si `Alīy at nagdasal ng ḍuhr, pagkatapos nanaig sa kanya ang antok kaya nakatulog siya. Nang magising siya, bumangon siya kaagad para magsagawa ng ṣalāh na `aṣr. Nang tinanong siya ng kapatid niya tungkol sa wuḍū', naalaala niya na siya ay nakapagsagawa ng wuḍū' bago ng pagkatulog niya. Hindi siya tumugon sa tawag ng kalikasan niya matapos niyon."

Pagkatapos itala mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na hinati sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay naglalaman ng titik K. Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng titik W. Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng titik L.

Ipaliliwanag niya sa kanila ang katuturan ng bawat bahagi. Pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang maglahad ng nalalaman nila mula sa mga naunang impormasyong tungkol sa aralin at pinagbulay-bulayan nila na mga layon at ang pagtatala niyon sa unang lagayan. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito upang mapag-alaman ang karanasan nilang pampagkakaalam na nauna hinggil sa aralin. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman na mga impormasyon at mga ideya sa pamamagitan ng aralin, at paglalaman nito sa ikalawang lagayan.

Hakbang 2

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante. Pakaaalaman niya mula sa kanila ang ginaganap nila na mga tungkulin at mga sunnah sa sandali ng pagsasagawa ng wudū'. Magtatawag-pansin siya sa kanila sa pagsubaybay sa isasagawang pagbibigay-linaw upang makaalam

ang bawat isa sa kanila sa tumpak na paraan ng pagsasagawa ng wuḍū'.

Maglilipat ang tagapagturo sa mga estudyante sa lugar ng pagsasagawaan ng wuḍū'. Magsasagawa siya ng isang paggawa ng paglalahad na praktikal para sa mga tungkulin sa pagsasagawa ng wuḍū', habang nagbibigay-linaw sa bawat pagganap. Pagkatapos mamimili siya ng dalawa mula sa mga estudyante para sa pagpapatupad ng isinagawang pagganap niya, kasama ng pagtatasa ng mga kaklase nilang dalawa sa kanilang dalawa.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, italaga mo ang mga estudyante sa pagtatakda ng mga tagasira ng wuḍū'. Pakaalaman mo ang ibinibigay nila na mga pagtugon at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga ito, habang humahantong kasama nila sa tumpak na pagsagot, kasama ng paglilinaw sa mga tekstong pangkapahayagang nauugnay sa mga ito.

* Ang Paghuhulo

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong lagayan mula sa kard na nasa harapan nila. Ito ay ang lagayan L, na nauugnay sa pagkasulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa larawan ng mga sangkap na pangkalahatan. Pumili ka ng ilan sa mga kard at

magsagawa ka ng pagkomentaryo rito, habang naglililaw ng opinyon mo sa itinala ng mga estudyante dito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghango ng mga Tungkulin sa Pagsasagawa ng Wuḍū' at mga Sunnah Nito.

Numero ng Layon: 1

Ilahad mo ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng display screen. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito sa mga kaklase niya. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito.

Magtalaga ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan nang magkasama sa pagsagot sa mga tanong na nauugnay sa ḥadīth. Maglahad ka ng bawat tanong mula sa mga tanong nang magkakasunud-sunod. Pakaalamin mo ang pagsagot dito ng bawat grupo, habang naghahambing sa pagitan ng mga pagsagot ng mga grupo at habang nagtatakda sa pinakamainam na grupo sa pagsagot. Sa wakas, magwawasto ka sa bawat grupo ng pagsagot nito alinsunod sa napag-

alaman mo mula sa mga tumpak na sagot na taglay ng nalalabi sa mga grupo.

Ang mga Tungkulin Ang Paghuhugas ng Mukha - Ang Paghuhugas ng mga Kamay Hanggang sa mga Siko - Ang Pagpahid sa Ulo - Ang Paghuhugas ng mga Paa.

Ang mga Sunnah Ang Paghuhugas ng mga Kamay - Ang Pagmumumog - Ang Pagsinga - Ang Paghuhugas ng Bawat Bahagi Nang Tatlong Ulit.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasagawa ng Wudū' sa Isang Tumpak na Pamamaraan.

Numero ng Layon: 4

Mamili ka ng isa sa mga estudyante. Hilangin mo sa kanya na magpaliwanag ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wudū' sa isang tumpak na anyo. Magsusubaybay sa kanya ang nalalabi sa mga kaklase niya, habang nagtatakda sa anumang nangyayari sa pagganap niya na kakulangan o depekto. Sa kaso ng pagkakamali niya, mamimili ka ng iba pang mag-aaral upang ipaliwanag ang pagsasagawa ng wudū' sa isang anyong higit na tama, hanggang sa maglaho ang kamalian at mapagtibay ang tama sa lahat.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Tagasira ng Wudū'.

Numero ng Layon: 2, 4

Ilahad mo ang ikatlong aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng mga pakikipagtalakayan, magbigay ka sa kanila ng mga tanong ng aktibidad nang magkakasunud-sunod, kung saan sasagot sila sa mga ito, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang ilagay ang tumpak na sagot sa aklat niya kasama ng paglilinaw sa kadahilanan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Ibigay mo ang unang tanong sa mga estudyante. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila nang pasapalaran, kung saan sasagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap ng tanong, kasama ng pagsubaybay ng mga kaklase nilang dalawa sa kanilang dalawa at ng pagtatasa sa kanilang dalawa.

PANUTO 1: -

Magtutulungan ang bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagsagot sa ikalawang tanong at makikipagpalitan ang bawat pangkat ng sagot nito sa ibang pangkat para sa pagtatasa nito. Ibibigay

ng tagapagturo sa bawat pangkat ang pagkakataon para ilahad ang natuklasan nito na mga pagkakamali sa ibang pangkat at ang pamamaraan ng pagtama sa mga ito.

PANUTO 2: (Ang mga Tungkulin) - (Sunnah) - (Ang Paglabas ng Ihi).

Ibigay mo sa mga estudyante ang ikatlong tanong. Mamili ka ng tatlo mula sa kanila para sa pagsagot dito. Sa kaso ng pagkakamali nila at kawalan ng kakayahan nila sa pagbanggit ng patunay na pangkapahayagan, magpanuto ka sa kanila sa paghango nito, sa pamamagitan ng mga sarili nila, mula sa nilalaman ng aralin.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Himukin mo ang mga estudyante sa pagganap ng mga tungkulin sa pagsasagawa ng wuḍū at mga sunnah nito sa isang tumpak na paraan gaya ng natutuhan nila mula sa aralin, kasama ng pagganyak sa kanila sa pagpapaalam ng mga ito sa mga kaanib ng pamilya at pagsubaybay sa kanila sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū, para takdaan ang kinasasadlakan nila na mga kamalian para makaiwas sa mga ito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (karumihan niya
- ang mga kasalanan - nagbubusilak sa sarili -
kahubaran - pagharap sa qiblah).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Mga Larawang Pamgpagtuturo - Ang Pisara -
Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtuturong Palitan - Ang Prognosis -
Ang Pagtatanungan - Ang Pagpapaliwanag - Ang
Pagbubuod - Ang mga Praktikal na Paglalahad -
Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga
Halimbawang Negatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga
Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin ng Kahalagahan ng
Pagkatuto ng mga Patakaran ng Ṣalāh.

- Ang Pagsisigasig sa Pagsasaalang-alang sa
mga Kundisyon ng Ṣalāh.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod
na ḥadīth: "Magdasal kayo gaya ng pagkakita

ninyo na ako ay nagdarasal." Hilingin sa kanila na pagbulay-bulayan ito at huluhin ang kahalagahan ng pagkatuto ng paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh at mga patakaran nito. Magtatala ang bawat isa sa kanila sa kuwaderno niya ng nahantungan nila, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagpapaantala ng pagtatasa sa mga pagsagot nila hanggang sa sandali ng pagwawakas ng aralin.

Magpaalam ka sa mga estudyante ng mga layon ng aralin. Hilingin mo sa kanila na huluhin ang pamagat nito at itala mo ito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ayon sa liwanag ng pagkakaalam ng mga estudyante sa mga layon ng aralin at pamagat nito, hilingin mo sa kanila ang pagsasagawa ng prognosis sa mga sangkap na nilalaman ng mga ito, pagkatapos maglahad ka sa kanila ng isang mapang pampagpapaliwanag ng mga sangkap ng aralin upang maghambing sila sa pagitan ng inilalahad nila at ng nilalaman talaga.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng praktikal na paglalahad, ilahad mo sa mga estudyante ang mga kundisyon ng ṣalāh sa isang praktikal na anyo at lakipan mo ang paglalahad na ito ng ilan sa mga larawang pampagpapaliwanag. Mamili ka ng

dalawa mula sa kanila at magpakatiyak ka sa pagkasagawa nilang dalawa ng wudū' upang magampanan nilang dalawa ang mga kundisyon ng ṣalāh gaya ng nalaman nilang dalawa mula sa panig mo. Magsusubaybay ang mga kaklase nilang dalawa sa pagganap nilang dalawa para mapaglinawan ang saklaw ng kaeksaktuhan nito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo, ilalahad ng tagapagturo ang mga sumusunod na senaryo sa mga estudyante para sa pag-alam sa kaibahan sa pagitan ng mga ito at paglilinaw sa saklaw ng pagkakasang-ayunan ng mga ito o pagkakaibahan ng mga ito sa nasaad sa aralin na mga pagbabatas na nauugnay sa mga kundisyon ng ṣalāh.

Naniniwala ang isa sa mga tao na walang maisisi sa baliw sa pagsasagawa ng ṣalāh.

Nagwawalang-bahala ang ilan sa mga Muslim sa mga oras ng ṣalāh at hindi nag-oobliga sa sarili sa lahat ng mga ṣalāh.

Ang ilan sa mga kabataan ay nagsusuot ng alinman sa mga kasuutan na nasusumpungan niya kahit pa man hindi umaangkop sa ṣalāh at kabanalan nito.

* Ang Paghuhulo

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagrepaso ng inaasahan nila na mga sangkap hinggil sa mga epekto ng ṣalāh, na naisagawang mailahad ng panig nila sa panimula. Pakaalaman mo ang mga pagtugon ng ilan sa mga estudyante bago matutuhan ang aralin at matapos nito.

Hilingin mo sa bawat estudyante na magkomentaryo sa isang pinaigsing parapo sa napag-alaman niya mula sa aralin at sa kinakailangan sa kanya na ipatupad sa buhay niya ayon sa liwanag ng pagkakaalam na iyon. Magpalakas-loob ka sa mga pagtugon ng mga estudyante na mahusay ang pagkakabalangkas, na nagdadala ng isang praktikal na pagpapatupad.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Mga Pagpapatupad sa mga Kundisyon ng Ṣalāh.

Numero ng Layon: 1

Ilahad mo ang ikatlong aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng mga pakikipagtalakayan, magbigay ka sa kanila ng mga gawain ng aktibidad

nang magkakasunud-sunod, kung saan sasagot sila sa mga ito, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang ilagay ang tumpak na sagot sa aklat niya.

Ang Gawain Tama Mali Ang Kundisyon

Nagsagawa siya ng ṣalāh bago nagsagawa ng adhān ang mu'adhdhin para sa ṣalāh.

Humarap siya sa qiblah at naglayon na magsagawa ng ṣalāh na ḍuhr.

Tumugon siya sa tawag ng kalikasan niya, pagkatapos nagsagawa siya ng ṣalāh nang walang wuḍū'.

Umikot siya salungat sa qiblah sa sandali ng pagkakayukod.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasagawa ng Ṣalāh sa Tumpak na Anyo Nito.

Numero ng Layon: 3

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa dalawang grupo. Italaga mo ang una sa kanila sa pagsagot sa unang bahagi ng aktibidad at italaga mo ang ikalawa sa pagsagot sa ikalawang bahagi nito, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat isa sa dalawang ito.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-uugnay sa Pagitan ng Qur'ān at Kundisyon ng Pagsapit ng Oras.

Numero ng Layon: 1, 2

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad: 4 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagsulat ng Tumpak na Kahatulan.

Numero ng Layon: 5

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante upang magsulat sa isang kard na panlabas ng kahatulan sa sinumang nagsabi sa isang malakas na tinig ng: "Nawaytu an uşalliya fard -ḏḏuhri arba'a raka`ātin adā'an lillahi ta`ālā. (Naglayon ako na magdasal ng tungkuling dasal na ḏuhr na apat na rak`ah bilang pagganap para kay Allāh – napakataas Siya.)" Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya upang halagahan (evaluate) ng bawat isa sa kanilang dalawang ang isa at alamin ang

kinasadlakan na mga kamalian. Pakaalaman mo ang mga kamalian ng mga estudyante at ipaliwanag mo sa kanila ang tumpak na kahatulan upang mapaglinawan nila ito at itala nila ito sa mga aklat nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga tanong sa mga kuwaderno nila.

Tipunin mo ang mga kuwaderno mula sa mga estudyante, pagkatapos magpanuto sa kanila ng mga tanong nang pasalita upang magsagawa sila ng paglutas sa mga ito at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Magsagawa ka ng pagtutumpak ng mga kuwaderno at paglalagay ng gradong nababagay sa bawat tanong.

Takdaan mo ang pinakamataas na estudyante sa grado, habang ibinibigay sa kanya ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (✓) - (X)

PANUTO 2: Ang Pagkakaroon ng Isip - (Ang mga Kundisyon) - Ang Karumihan - Hindi Tumpak - Hindi Tumpak.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pananatili sa pagsasagawa ng ṣalāh, kasama ng tumpak na pagpapatupad sa mga kundisyon nito at ang pagpapaalam ng mga kundisyong iyon sa mga kaanib ng pamilya at mga nakapaligid. Iyon ay sa pamamagitan ng paghahanda ng isang polyeto na naglalaman ng mga ito at pamamahagi nito sa kanila, sa pagtuturing na iyon ay zakāh ng kaalaman nila.

Ang pagtutumpak sa mga maling pag-uugaling nauugnay sa ṣalāh na baka nasusumpungan nila sa mga taong nakapaligid sa kanila, kasama ng pagsasaalang-alang sa pagtawag-pansin sa kanila sa mga kamalian at pamamaraan ng paglunas sa mga ito sa isang anyong pang-edukasyong ligtas.

Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Haligi ng Ṣalāh at mga Kinakailangan sa mga Ito.

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagkasunud-sunod sa pagitan ng mga haligi - ang kapanatagan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Mga Larawang Pamgpagtuturo - Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtuturong Palitan - Ang Prognosis - Ang Pagtatanungan - Ang Pagpapaliwanag - Ang Pagbubuod - Ang mga Praktikal na Paglalahad - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagpapanatili ng Pagsasagawa ng Ṣalāh Ayon sa mga Haligi Nito at mga Kinakailangan Dito.

* Ang Pagsasadamdamin ng Kadakilaan ng Tungkulin na Ṣalāh.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Nababahagi ang mga gawaing isinasabatas sa ṣalāh sa mga haligi, mga kinakailangan, at mga sunnah.

Ang mga haligi ay hindi natutumpak ang ṣalāh nang wala ang mga ito. Hindi naaalis ang mga ito

dala ng pananadya ni dala ng pagkalingat. Ang mga ito ay 14 haligi.

Ang mga kinakailangan ay walang pag-iwas sa pagsasagawa sa mga ito. Ang sinumang nag-iwan ng isa sa mga ito nang nananadya ay mawawalang-saysay ang ṣalāh niya. Ang sinumang nag-iwan nito dala ng pagkalingat, tunay na siya magpapatirapa para sa pagkalingat (sujūd sahw). Ang bilang ng mga ito ay walong kinakailangan.

Hinggil naman sa mga sunnah, itinuturing na kaibig-ibig ang pagsasagawa sa mga ito. Kung sakaling iniwan, tumpak pa rin ang ṣalāh. Ito ay marami.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Bigyan mo ang mga estudyante ng tatlong minuto para magbuklat ng aralin at mamulot ng mga sangkap nito, pagkatapos hilingin mo sa kanila na maglahad ng mga pagtatanung-tanong nila tungkol sa nilalaman ng aralin. Malugod mong tanggapin ang mga tanong nila, pagkatapos talakayin mo ang mga ito sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Sa sandaling iyon, isasagawa ang pagbibigay-linaw sa mga tekstong pangkapahayagang nauugnay sa sagot at kabilang sa mga tanong na inilahad.

PANUTO: Ipaliwanag mo ang mga haligi ng ṣalāh.

PANUTO: Banggitin mo ang mga kinakailangan sa ṣalāh.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng praktikal na paglalahad, ilahad mo sa mga estudyante ang mga haligi ng ṣalāh sa isang praktikal na anyo at lakipan mo ang paglalahad na ito ng ilan sa mga larawang pampagpapaliwanag. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila upang magampanan nilang dalawa ang mga haligi ng ṣalāh gaya ng nasaksihan nilang dalawa mula sa panig mo. Magsusubaybay ang mga kaklase nilang dalawa sa pagganap nilang dalawa para mapaglinawan ang saklaw ng kaeksaktuhan nito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo, ilalahad ng tagapagturo ang mga sumusunod na senaryo sa mga estudyante para sa pag-alam sa kaibahan sa pagitan ng mga ito at paglilinaw sa saklaw ng pagkakasang-ayunan ng mga ito o pagkakaibahan ng mga ito sa nasaad sa aralin na mga pagbabatas na nauugnay sa mga kinakailangan sa ṣalāh.

Naniniwala ang isa sa mga tao na walang maisisi sa pagmamabilis sa pagsasagawa ng ṣalāh.

Magbaba ng likod ang tagapagsagawa ng ṣalāh hanggang sa makakaya niya na maglagay ng mga kamay niya sa mga tuhod niya sa sandali ng pagkakayukod.

Pinipilit ng ilan sa mga magulang ang mga batang anak nila sa pagsasagawa ng ṣalāh.

Naniniwala ang ilan sa mga tao na ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa ay kabilang sa mga itinuturing na kaibig-ibig sa ṣalāh.

Nagpapalagay ang ilan na ang pagsasagawang takbīr para sa pagyukod ay kabilang sa mga haligi ng ṣalāh.

* Ang Paghuhulo

Hilingin mo sa bawat estudyante na magkomentaryo sa isang pinaigsing parapo sa napag-alaman niya mula sa aralin at sa kinakailangan sa kanya na ipatupad sa buhay niya ayon sa liwanag ng pagkakaalam na iyon. Magpalakas-loob ka sa mga pagtugon ng mga estudyante na mahusay ang pagkakabalangkas, na nagdadala ng isang praktikal na pagpapatupad.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng mga Haligi ng Ṣalāh at Pagpayo sa Sinumang Nagmamabili sa Pagsasagawa ng Ṣalāh.

Numero ng Layon: 2, 5

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa sa mga kaklase niya ng ḥadīth na nasasaad sa aklat niya. Hilingin mo sa kanilang lahat na magsubaybay sa ḥadīth at magbulay-bulay sa katuturan nito. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila nang nagsosolo sa paghango ng mga haligi ng ṣalāh na nasasaad sa ḥadīth. Mamili ka ng isa sa kanila para basahin sa mga kaklase niya ang tumpak na sagot.

Ang Takbīrah Al-Iḥrām (Takbīr ng Pagpapasimula) - Ang Rukū` (Pagyukod) - Ang Sujūd (Pagpapatirapa) - Ang Magtuwid Mula sa Pagkakapatirapa - Ang Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa - Ang Kapanatagan.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsulat ng isang pangungusap para sa sinumang nagmamabilis sa pagsasagawa ng ṣalāh kasama ng pagpapatnubay sa anumang nasaad sa ḥadīth. Magsagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante para mapag-alaman ang mga pagsulat nila. Mamili ka

ng pinakamainam sa mga pangungusap sa pagkakabalangkas, sa ideya at sa pag-epekto. Magtalaga ka sa mga tagapagtaglay ng mga ito sa pagsulat ng mga ito sa mga kaklase nila. Gawin mo ang mga estudyante na magpapalitan ng nasa kanila para ipalaganap ang mga ito.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal / Pampares, Pagsasagawa ng Ṣalāh Ayon sa Tumpak na Anyo Nito.

Numero ng Layon: 4, 5

Mamili ka ng isa sa mga estudyante at hilingin mo sa kanya na maglarawan ng unang rak`ah ng ṣalāh, sa kundisyon na magsubaybay sa kanya ang mga kaklase niya para makaalam sa pagkakasagawa niya at maglinaw sa anumang nasa kanya na depekto. Sa kaso ng pagkakaroon ng depekto, mamili ka ng iba para isagawa ang tumpak na paglalarawan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga tanong sa mga kuwaderno nila.

T mo ang mga kuwaderno mula sa mga estudyante, pagkatapos magpanuto sa kanila ng

mga tanong nang pasalita upang magsagawa sila ng paglutas sa mga ito at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Magsagawa ka ng pagtutumpak ng mga kuwaderno at paglalagay ng gradong nababagay sa bawat tanong.

Takdaan mo ang pinakamataas na estudyante sa grado, habang ibinibigay sa kanya ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO 1: $(X) - (\sqrt{}) - (\sqrt{}) - (X) - (\sqrt{})$

PANUTO 2: (Ang mga Kinakailangan sa Ṣalāh) - (Ang mga Haligi) - (Ang Pitong Bahagi).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Himukin mo ang mga estudyante sa pananatili sa pagsasagawa ng ṣalāh, kasama ng tumpak na pagpapatupad sa mga kundisyon nito, mga haligi nito, at mga kinakailangan dito; at pagpapaalam sa mga kaanib ng pamilya at mga nakapaligid ng mga kundisyon, mga haligi, at mga kinakailangan na iyon. Iyon ay sa pamamagitan ng paghahanda ng isang polyetong naglalaman ng mga ito at

pamamahagi ng mga ito sa kanila, sa pagtuturing na iyon ay zakāh ng kaalaman nila.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang istiftāh (pagpapasimula ng ṣalāh) - ang ta'awwudh (panalangin ng pagpapakupkop) - ang paghalakhak).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Mga Larawang Pamgpagtuturo - Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtuturong Palitan - Ang Prognosis - Ang Pagtatanungan - Ang Pagpapaliwanag - Ang Pagbubuod - Ang mga Praktikal na Paglalahad - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pangangalaga sa Ṣalāh at mga Sunnah Nito.

* Ang Pag-iwas sa mga Tagapagpawalang-saysay ng Ṣalāh.

* Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Ṣalāh.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin sa pamamagitan ng pag-ugnay sa aralin ng nagdaan na mga patakaran ng ṣalāh sa aralin ng araw na ito. Kaya magpabatid ka sa kanila na tayo ay tatalakay hinggil sa nauna na mga haligi ng ṣalāh, mga kinakailangan dito, at mga kundisyon nito. Kaya sino ang makakakaya na magpaalaala sa atin ng mga ito? Tatanggapin mo mula sa kanila ang sagot. Pagkatapos magpapatid ka sa kanila na tayo ay nasa aralin ng araw na ito. Kukumpletuhin natin ang pag-uusap tungkol sa mga sunnah ng ṣalāh at mga tagapagpawalang-saysay nito at isusulat natin ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ayon sa liwanag ng pagkakaalam ng mga estudyante sa mga layon ng aralin at pamagat nito, hilingin mo sa kanila ang magsagawa ng prognosis sa mga sangkap na nilalaman ng mga ito, pagkatapos maglahad ka sa kanila ng isang mapang pampagpapaliwanag ng mga sangkap ng

aralin upang maghambing sila sa pagitan ng inilalahad nila at ng nilalaman talaga.

Hakbang 2

Bigyan mo ang mga estudyante ng tatlong minuto para magbuklat ng aralin at mamulot ng mga sangkap nito, pagkatapos hilingin mo sa kanila na maglahad ng mga pagtatanung-tanong nila tungkol sa nilalaman ng aralin. Malugod mong tanggapin ang mga tanong nila, pagkatapos talakayin mo ang mga ito sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Sa sandaling iyon, isasagawa ang pagbibigay-linaw sa mga tekstong pangkapahayagang nauugnay sa sagot at kabilang sa mga tanong na inilalahad.

PANUTO: Banggitin mo ang mga uri ng mga sunnah ng ṣalāh.

PANUTO: Kabilang sa mga sunnah na pangsinasabi para sa ṣalāh

.....

PANUTO: Kabilang sa mga sunnah na pangginagawa para sa ṣalāh

.....

PANUTO: Ilahad mo ang mga tagapagpawalang-saysay sa ṣalāh.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng praktikal na paglalahad, ilahad mo sa mga estudyante ang mga sunnah ng ṣalāh sa isang praktikal na anyo at lakipan mo ang paglalahad na ito ng ilan sa mga larawang pampagpapaliwanag. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila at magpakatiyak ka sa pagkasagawa nilang dalawa ng wuḍū' upang magampanan nilang dalawa ang mga kundisyon ng ṣalāh gaya ng nasaksihan nilang dalawa mula sa panig mo. Magsusubaybay ang mga kaklase nilang dalawa sa pagganap nilang dalawa para mapaglinawan ang saklaw ng kaeksaktuhan nito.

Hakbang 4

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo, ilalahad ng tagapagturo ang mga sumusunod na senaryo sa mga estudyante para sa pag-alam sa kaibahan sa pagitan ng mga ito at paglilinaw sa saklaw ng pagkakasang-ayunan ng mga ito o pagkakaibahan ng mga ito sa nasaad sa aralin na mga pagbabatas na nauugnay sa katumpakan ng ṣalāh.

Naniniwala ang isa sa mga tao na maaari ang magkasya sa isa sa mga pagpapatirapa.

Nagwawalang-bahala ang ilan sa mga Muslim dahil sa pagwaksi ng tasbīḥ, tasmī', at taḥmīd.

Ang ilan sa mga kabataan ay ngumunguya ng pagkain habang sila ay nasa pagsasagawa ng ṣalāh.

* Ang Paghuhulo

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagrepaso ng inaasahan nila na mga sangkap hinggil sa mga epekto ng ṣalāh, na naisagawang mailahad ng panig nila sa panimula. Pakaalaman mo ang mga pagtugon ng ilan sa mga estudyante bago matutuhan ang aralin at matapos nito.

Hilingin mo sa bawat estudyante na magkomentaryo sa isang pinaigsing parapo sa napag-alaman niya mula sa aralin at sa kinakailangan sa kanya na ipatupad sa buhay niya ayon sa liwanag ng pagkakaalam na iyon. Magpalakas-loob ka sa mga pagtugon ng mga estudyante na mahusay ang pagkakabalangkas, na nagdadala ng isang praktikal na pagpapatupad.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng mga Tagapagpawalang-saysay sa Ṣalāh.

Numero ng Layon: 4

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat at magpanuto ka sa bawat grupo sa

pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad at pagsagot dito. Matapos ng pagwawakas ng pagganap ng mga grupo, maglahad ka sa mga estudyante ng mga gawain ng talahanayan. Pakaalamin mo ang sagot sa mga ito ng bawat grupo, habang itinatakda ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at habang ibinibigay sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghulo ng mga Tagapagpawalang-saysay sa Ṣalāh.

Numero ng Layon: 4, 5

Mamili ka ng isa sa mga estudyante at hilingin mo sa kanya na magbasa ng ḥadīth ng ikalawang aktibidad, sa kundisyon na magsubaybay sa kanya ang mga kaklase niya para maghulo ng nagpapawalang-saysay sa ṣalāh. Sa kaso ng pagkakaroon ng depekto, mamimili ka ng iba para huluhin ang tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paglilinaw ng Kahatulan sa Ilan sa mga Gawain sa Ṣalāh.

Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagganap ng ikatlong aktibidad at paghatol sa mga gawaing nasasaad dito. Maglahad ka ng bawat gawain kabilang sa mga

gawain nang magkakasunud-sunod. Pakaalamin mo ang hatol ng bawat grupo rito.

Maghambing ka sa pagitan ng mga pagsagot ng mga grupo, habang nagtatakda ng pinakahigit na grupo sa kakayahan sa tumpak na pagsagot.

Ang Gawain Kundisyon Haligi Sunnah Kinakailangan

Kadalisayan ng mga Kasuutan

Ang Pagsabi ng: "Rabbanā wa-laka -lḥamd"

Ang Pagbigkas ng Al-Fātiḥah

Ang Pag-amen

Ang Pagsabi ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)."

Ang Pagtingin sa Puwesto ng Pagpapatirapaan ng Noo

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga tanong sa mga kuwaderno nila.

Tipunin mo ang mga kuwaderno mula sa mga estudyante, pagkatapos magpanuto sa kanila ng

mga tanong nang pasalita upang magsagawa sila ng paglutas sa mga ito at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Magsagawa ka ng pagtutumpak ng mga kuwaderno at paglalagay ng gradong nababagay sa bawat tanong.

Takdaan mo ang pinakamataas na estudyante sa grado, habang ibinibigay sa kanya ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO 1: (Hindi) - (Oo) - (Oo) - (Oo)

PANUTO 2: (Rak`ah) - (Pag-angat ng mga Kamay) - (Tumpak).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Himukin mo ang mga estudyante sa pananatili sa pagsasagawa ng ṣalāh, kasama ng tumpak na pagpapatupad sa mga sunnah ng salah at pag-alam sa mga tagapagpawalang-saysay rito, at pagpapaalam sa mga kaanib ng pamilya at mga nakapaligid ng mga sunnah at mga tagapagpawalang-saysay na iyon. Iyon ay sa pamamagitan ng paghahanda ng isang polyetong naglalaman ng mga ito at pamamahagi ng mga ito

sa kanila, sa pagtuturing na iyon ay zakāh ng kaalaman nila.

Ang pagtutumpak sa mga maling pag-uugaling nauugnay sa ṣalāh na baka nasusumpungan nila sa mga taong nakapaligid sa kanila, kasama ng pagsasaalang-alang sa pagtawag-pansin sa kanila sa mga kamalian at pamamaraan ng paglunas sa mga ito sa isang anyong pang-edukasyong ligtas.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Ṣalāh sa Jamā`ah (Konggregasyon)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang jamā`ah (konggregasyon) - ang natatangi - bukas - ibababa).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Poster na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Istilo ng Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang mga Semantic Map -

Ang Istilo ng mga Sirkulo ng Pagkatuto).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagsadamdamin ng Kadakilaan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh sa Jamā`ah.

* Ang Pagsisigasig sa Pagsasagawa ng Ṣalāh sa Jamā`ah.

* Ang Pagsisigasig sa Pag-angat ng mga Antas at Pagtatakip-sala sa mga Kasalanan.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Para magpanumbalik ng naisagawang pag-aaral sa mga naunang aralin (mga kundisyon, mga haligi, mga sunnah, at mga tagapagpawalang-saysay sa ṣalāh) at mag-ugnay ng mga ito sa kasalukuyang aralin, mamili ka ng isa sa mga estudyante at ilahad mo sa pisara ang larawang naririyang sa aklat, kasama ng pagkokomentaryo rito at pag-alam sa naisagawang pag-aaral sa mga naunang aralin. Ang inaasahan ay maglahad nito ang kasalukuyang aralin. Pagkatapos magpapatid ka sa kanila na ang ṣalāh sa konggregasyon ay kabilang sa pinakadakila sa mga kaparaanan na nagpapapasok sa Muslim sa Paraiso. Sa aralin ngayong araw, magpapaliwanag tayo ng ilan sa mga epekto nito at kainaman nito. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpapatulong ang tagapagturo sa istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas kaya

ilalahad niya sa mga estudyante ang sumusunod na ḥadīth at ang tanong na napaloloob dito:

"Ang sinumang pumunta sa umaga sa masjid at pumunta sa gabi, maghahanda si Allāh para sa kanya ng isang tuluyan mula sa Paraiso sa tuwing pumunta siya sa umaga o pumunta siya sa gabi." Ano ang pinakamahalaga sa mga patakaran dito?

Magbibigay siya sa kanila ng isang grupo ng mga mapagpipiliang nauugnay sa pagsagot sa mga ito, tulad ng: "Ang ṣalāh sa konggregasyon ay kinakailangan sa lalaking nakapag-uunawang tumuntong sa sapat na gulang, na ang pinakakaunting bilang ng nakadalo na naidaraos dito ang ṣalāh sa konggregasyon ay dalawang lalaki kasama ng imām." Matapos ng pagpili nila sa tumpak na sagot, ipaliliwanag niya sa kanila ang mga tumpak na patakaran ng ṣalāh sa konggregasyon.

Hakbang 2

Maglalahad ang tagapagturo ng apat na kard na pampagtuturo, na nagpapahayag ang bawat kard ng isang kainaman kabilang sa mga kainaman ng ṣalāh sa konggregasyon. Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa apat na grupo, na ang bawat grupo ay magbubulay-bulay sa isang kard at magpapaliwanag ng nilalaman nito, pagkatapos

babanggitin nito ang kainaman na ipinahihiwatig ng kard.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga sirkulo ng pagkatuto, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pag-upo sa isang porma ng mga bilog at sa pakikipagtalakayan sa isa't isa sa kanila hinggil sa pagpapaliwanag ng kadakilaan ng gantimpala sa salah sa konggregasyon at magsusubaybay siya sa mga pagganap ng mga estudyante.

Magtatalaga siya sa isa sa mga kaanib ng bawat sirkulo sa paglalahad ng nahantong na sirkulo nito, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila sa mga pagsagot nito. Pagkatapos magpapaliwanag siya sa kanila ng reyalidad ng gantimpalang ito at mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang bumanggit nito nang pasalita sa harapan ng mga kaklase niya.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang semantic map na hindi naglalaman ng mga sangkap ng aralin. Pagkatapos mamimili siya ng ilan sa kanila para magsulat ng isa sa mga sangkap na ipinagpapalagay ang paglalaman ng mga ito ng mga iyon, sa kundisyon na bigyang-linaw niya ang sangkap na iyon. Sa kaso ng kawalan ng kakayahan niya sa paghantong

sa sangkap, magsasagawa ang iba sa kanya ng pagsagot sa pagbalik sa nilalaman ng aklat para mapag-alaman ang tumpak na sagot.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapaliwanag ng Kainaman ng Pagkahumaling sa mga Masjid.

Numero ng Layon: 4

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad. Mamimili siya ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantungan ng grupo niya sa pag-uugnay sa pagitan ng ḥadīth at ng aralin at mahihinuha mula rito.

Magkokomentaryo ang tagapagturo sa mga pagganap ng mga grupo, habang nagtatakda sa pinakahigit na grupo sa kakayahan sa pag-aanalisa at pagkaeksakto.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsisigasig sa Pagsasagawa ng Ṣalāh sa Konggregasyon.

Numero ng Layon: 3, 4

Mamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtutulong naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos mamimili ka ng pinakamainam sa mga pagsagot at maglalahad ka ng mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pag-alam sa mga Kadahilanan ng Pagwaksi sa Şalāh sa Konggregasyon.

Numero ng Layon: 4

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng ikatlong aktibidad. Subaybayan mo ang mga grupo para magpakatiyak sa paglahok ng mga kaanib ng bawat grupo sa aktibidad. Pagkatapos mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng isinagawa ng grupo niya, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda ng pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot at sa kakayahan sa pagbibigay ng paglunas na nababagay sa pagwaksi ng şalāh sa konggregasyon. Himukin mo sila sa pagpapaalam ng mga pamamaraang pampaglulunas na iyon at sa pagtatangka sa pagpapalaganap ng mga ito sa lipunan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Magbigay ka ng mga tanong na nasasaad sa aralin sa mga estudyante nang magkakasunud-sunod.

Mamili ka para sa bawat tanong ng isang bilang ng mga estudyante para sa pagsagot dito. Malugod mong salabungin ang mga pagsagot nila, habang naghahambing sa pagitan nila, kasama ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga kaklase nila para sa pagtatasa sa mga pagsagot nila.

Matapos ng pagwawakas ng pagsagot, magpanuto ka sa mga estudyante sa paglalagay ng mga ito sa mga aklat nila kasama ng pagsangguni sa iyo sa kaso ng pagtigil nila sa alinmang tanong.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (X) - (✓)

PANUTO 2: Ang Paslit - Kinakailangan - Kalahati ng Gabi.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Mag-uulit ang bawat estudyante ng pagbasa ng mga tekstong pangkapahayagang nasasaad sa aralin, na nagpapahiwatig ng kainaman ng ṣalāh sa konggregasyon. Pakaaalam niya ang iba pa rito sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat na panrelihiyon o mga alagad ng Relihiyon o mga elektronikong reperensiya, nang sa gayon makaunawa siya sa mga tekstong iyon, makapagsadamdamin siya sa pamamagitan ng mga ito sa kahalagahan ng ṣalāh sa konggregasyon, at magtangka siya na magbigay ng mga paggabay at mga pagtawag-pansin sa sinumang nasa paligid niya hinggil sa mga pagkakahayag ng pangungunyapit sa mga ito at pagpapatupad ng mga ito upang magpaabot sila ng mga ito sa mga ibang tao. Gayon nga nang sa gayon sumalahat ang pagkakaalam.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagpapabango - sumaling ng mga munting bato - sumabad).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng mga Advance Organizer - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Istilo ng mga Halimbawang Positibo at mga Halimbawang Negatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pagdakila sa Katayuan ng Ṣalāh sa Biyernes.

Ang Pagsisigasig sa Pagsasagawa ng Ṣalāh sa Biyernes.

Ang Pagpapatupad ng mga Etiketa ng Araw ng Biyernes.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang larawan ng isang masjid habang ang mga tao ay nakaupo rito at nakikinig sa khaṭīb (mangangaral) sa araw ng Biyernes, pagkatapos ibigay mo sa kanila ang sumusunod na pagtatanung-tanong: Naisip mo ba na mangaral sa araw ng Biyernes? Tanggapin mo mula sa kanila ang pagsagot doon. Pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo ang pamagat nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga advance organizer, maglahad ka sa mga estudyante, sa pamamagitan ng display screen, ng isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga sangkap ng aralin at hilingin mo sa kanila na magbulay-bulay rito at asahan mo ang nilalaman ng bawat sangkap.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa nalalaman nila mula sa mga impormasyon tungkol sa ṣalāh sa Biyernes at mga patakaran nito at kung nangaral ba ang isa sa kanila sa Biyernes noon at tungkol sa kung ano ang tinalakay niya at saklaw ng pag-empelyo niya ng mga patakaran ng Sharī`ah dito.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap, pagkatapos hihilingin niya sa kanila na magpaliwanag ng ipinahihwatig nito, Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh sa Biyernes.

(Isinasagawa ito sa oras ng ḍuhr; nangangaral dito ang imām ng dalawang khuṭbah, pagkatapos

namumuno siya sa mga tao sa ṣalāh na dalawang rak`ah, na nilalakasan niya dito ang pagbigkas.)

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo, ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na senaryo nang magkakasunud-sunod at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opiniyon nila sa mga ito at saklaw ng pagpayag sa mga ito alinsunod sa napag-alaman nila mula sa aralin.

Hindi nagsasagawa ng ṣalāh si Usāmas sa Biyernes dahil sa katwiran na ang bahay niya ay nasa tabi ng masjid at magdarasal siya nito sa bahay sa likuran ng imām.

Naniniwala ang isa sa mga kaklase na ang araw ng Biyernes ay inilalaan sa pagtulog at pamamahinga.

Naligo si Khālīd sa araw ng Biyernes, nagpabango siya, at nagsuot siya ng pinakamaganda sa mga kasuutan para sa salah at pagdalo sa khuṭbah.

Naupo si Aḥmad habang nakikinig ng khuṭbah ng Biyernes, saka nagbigay sa kanya ang kapit-bahay niya ng pagbati kaya gumanti naman siya at nakipagkamayan dito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa paggawa ng isang mapang organisasyonal na nagpapaliwanag, sa pamamagitan nito, ng mga patakaran ng šalāh sa Biyernes, na napag-alaman niya mula sa aralin, at ng mga etiketa nito. Magsagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante para malaman mo ang mga pagdisenyo nila. Mamili ka ng pinakahigit sa mga ito sa kaeksaktuhan, sa pag-akit, at sa kaliwanagan para maglahat nito sa lahat.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng mga Etiketa sa Biyernes.

Numero ng Layon: 1

Mamamahagi ang tagapagturo sa mga estudyante ng ilan sa mga kard, na nagdadala ang bawat kard ng isa mga sumusunod na bokabularyo: "nagsisikhay ako rito - nagsasagawa ako nito minsan - magsasagawa ako nito." Babasahin niya ang bawat parirala mula sa mga parirala ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila na iangat ang kard na nababagay sa parirala. Pakaaalaman niya ang mga pagsagot nila at tatasahin niya ang mga ito.

Makikipagtalakayan siya kasama ng sinumang sumasagot ng sagot na hindi nababagay at magpapaalam siya rito ng tama kasama ng pagbibigay-katwiran.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa Pamamaraan ng Pagganap ng Khuṭbah sa Biyernes.

Numero ng Layon: 3

Magtuon ka sa mga estudyante sa pagbasa ng sumusunod na aktibidad sa mga aklat nila. Ilahad mo sa kanila ang mga tanong na kasunod sa aralin.

Mamili ka ng isa sa kanila para sa pagsagot ng bawat tanong. Tanggapin mo ang pagsagot nila, kasama ng paghahambing sa pagitan nila, para sa paghantong sa tumpak na sagot at paghiling sa lahat ng pagtatala nito sa kalalagyan nito sa mga aklat nila.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghulo ng Pagkapanganib ng Pagwaksi sa Ṣalāh sa Biyernes at Paglulunas Doon.

Numero ng Layon: 4, 5

Minamagaling na itala mo sa pisara ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad at mamili ka ng isa sa mga estudyante para sa pagbasa nito. Pagkatapos makipagtalakayan ka nito sa kanila. Pagkatapos

magpapanuto ka sa bawat estudyante sa pagpapakumpleto ng pagkakaalam hinggil sa aktibidad sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiyang elektroniko para magpadagdag ng mga impormasyon hinggil sa pagkapanganib ng pagwaksi ng ṣalāh sa Biyernes at kung papaano maaari ang paglunas sa pagwawalang-bahala ng ilan sa mga kabataan sa pagsasagawa nito, sa kundisyon na magsubaybay ka sa pagganap ng mga estudyante roon at sa mahahantungan nila sa darating na pagkikita.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, sasagot ang bawat estudyante sa dalawang ito nang nagsosolo. Pagkatapos ilalahad ng tagapagturo ang tumpak na sagot sa mga estudyante, hihilingin niya sa bawat isa sa kanila na ibigay ang gradong nababagay sa pagsagot niya, at pakaaalamin niya ang mga grado nila at ang kinasadlakan nila na mga kamalian.

PANUTO 1: - -

PANUTO 2: Ang Biyernes - Ang Pagpaligo - Ang Pagpapabango - Ang Pagdalangin ng Basbas sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Magtutulungan ang bawat dalawang estudyante para sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong. Makikipagpalitan ang bawat pangkat ng sagot nito sa ibang pangkat para sa pagtatasa sa dalawa. Pakaaalamín ng tagapagturo ang mga kamalian na tumigil dito ang bawat pangkat sa ibang pangkat at ang pamamaraan ng pagtama nito sa mga iyon, habang nagpapanuto sa pangkat na nagkakamali para mag-ulit ng pagsagot kasabay ng pagremedyo sa kamalian.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magsusuri ang bawat estudyante sa reyalidad ng lipunan niya upang mapaglinawan ang saklaw ng pagsasaalang-alang ng lipunan at pagpapatupad nito sa mga patakaran at mga etiketa ng ṣalāh sa Biyernes. Maghahayag siya ng opinyon niya hinggil sa kinakailangan sa kanya na maging sa panahong ito. Makikipagtalakayan siya hinggil doon sa ilan sa mga kaanib ng pamilya niya.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob - Ang Pagkukusang-loob na Walang-takda - Ang Ṣalāh na Witr - Ang na Tarāwīḥ - Ang Ṣalāh na Ḍuḥā).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Poster na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Mapang Pang-isip - Ang Pagbubuod).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng Ṣalāh ng Pagkukusang-loob at Kainaman Nito.

* Ang Pangangalaga sa Pagsasagawa ng mga Ṣalāh ng Batay sa Sunnah.

* Ang Pagpapamalagi sa Pagpapakalapit-loob kay Allāh sa Pamamagitan ng mga Nāfilah.

* Ang Pag-iwas sa mga Pagsuway at mga Kasalanan: : Anumang Nalantad Mula sa mga Ito at Anumang Nakubli.

* Ang Pagsasadamdamin ng Kainaman ng Ṣalāh ng Pagkukusang-loob.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad ng sumusunod na ḥadīth sa mga estudyante:

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Tunay na ang kauna-unahan sa tutuusin ang tao dahil dito sa Araw ng Pagbangon mula sa mga gawain nila ay ang pagdarasal. Magsasabi ang Panginoon natin (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga anghel Niya samantalang Siya ay pinakamaalam: "Tumingin kayo sa pagdarasal ng lingkod Ko. Naglubos ba siya rito o nagbawas siya rito?" Kung ito ay naging lubos, may itatala para sa kanya na lubos. Kung may kumulang mula rito na anuman, magsasabi Siya: "Tumingin kayo! Mayroon ba sa lingkod Ko na anumang pagkukusang-loob?" Kung sa kanya ay may pagkukusalang-loob, magsasabi Siya: "Maglubos kayo para sa lingkod Ko ng tungkulin niya mula sa pagkukusang-loob." Pagkatapos kukunin ang mga gawain ayon doon.}** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 864 at Imām At-Tirmidhīy: 413.

Hilingin mo sa kanila na maghulo ng kahalagahan ng ṣalāh ng pagkukusang-loob mula sa ḥadīth. Makipagtalakayan ka hinggil sa mga pagtugon nila, pagkatapos magpahantong ka kasama nila sa paksa ng aralin, pagtapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng brainstorming, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante para magpaalam ng pagsasagawa ng ṣalāh ng pagkukusang-loob at mga uri nito, at malugod siyang sasalubong sa mga pagsagot nila, pagkatapos maglalahad siya sa kanila ng isang mental map na naglalaman ng mga uring iyon upang magbulay-bulay sila sa mga ito at maghambing sila sa pagitan ng mga pagtugon nila at mga sangkap na inilahad.

Hakbang 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagbuklat ng nilalaman ng aralin at pag-alam sa mga sangkap nito.

Magtatalaga siya sa bawat dalawa mula sa kanila sa pagtutulongan sa pagbibigay ng mga tanong na nauugnay sa mga sangkap ng aralin at mga ideya nito, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito maglilinaw ang nasa kanila na mga kalabuan. Pakaalaman mo ang mga tanong ng bawat pangkat at isulat mo ang mga ito sa pisara.

Hakbang 3

Iwawasto ng tagapagturo ang pagkakabalangkas ng mga tanong ng mga estudyante at pagyayamanin niya ang mga ito sa

pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan mula sa panig niya upang maggarantiya siya sa paglalaman ng mga ito ng lahat ng mga sangkap ng aralin.

Magtatalakay siya ng mga ito sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pakikipagtalakayan at magsisingit siya niyon bilang paglalahad ng mga tekstong pangkapahayagang nagpapatunay sa mga ito. Baka magiging kabilang sa mga tanong na ito ang sumusunod:

PANUTO: Ano ang pinapakay ng ṣalāh na witr?

PANUTO: Ano ang kahulugan ng mga sunnah rātibah?

PANUTO: Bilang-bilangin mo ang mga sunnah rātibah na binibigyang-diin.

PANUTO: Ang mga ito ay apat na rak`ah bago ng ṣalāh na `aṣr, dalawang rak`ah bago ng ṣalāh na maghrib, at dalawang rak`ah bago ng ṣalāh na `ishā'. Ano ang itinatuguri sa mga rak`ah na ito?

PANUTO: Kailan ka magsasagawa ng ṣalāh na tarāwih? Ano ang kahatulan dito? Ano ang pamamaraan nito?

PANUTO: Ano ang kahulugan ng pagkukusang-loob na walang-takda?

Hakbang 4

Itatala sa pisara ng tagapagturo ang dalawang sumusunod na parirala:

(Ito ay ang ṣalāh na nāfilah na isinasagawa matapos ng pag-angat ng araw - ilang minuto matapos ng pagsikat).

(Ito ay ṣalāh na humihiling sa pamamagitan nito ang Muslim kay Allāh ng pagtatakda ng kabutihan sa bagay na hindi niya nalalaman ang kabutihan nito sa kasamaan nito.)

Hihiling siya sa mga estudyante na linawin ang pinapakay ng bawat isa sa dalawang ito at makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa inilahad nila habang nililina sa kanila ang tumpak na sagot at habang inilalahad sa kanila ang nauugnay sa dalawang ito na mga tekstong pangkapahayagan.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsulat ng isang parapo na naglalaman ng pinakamahalaga sa mga pagpapanuto na napag-alaman nila mula sa aralin.

Mamimili siya ng ilan sa kanila para magbasa sa mga kaklase niya ng isinulat niya, kasama ng pagbibigay ng pagkatig na nababagay sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paglilinaw ng Kasanhian sa Pagkaisinasabatas ng Pagkukusang-loob.

Numero ng Layon: 5

Magpapanuto siya sa mga estudyante sa pakikinig sa marangal na ḥadīth na nasasaad sa unang aktibidad. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para magbasa nito sa mga kaklase nilang dalawa at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito at ipinahihiwatig nito. Pagkatapos hilingin mo sa bawat estudyante na sumagot sa dalawang tanong ng aktibidad at suportahan mo ang sinumang nagpakamalikhain at nagpakahusay.

Ang pagkumpleto ng kakulangan sa mga ṣalāh ng mga tungkulin.

Ang tao ay nadadarang sa pagkukulang sa ṣalāh ng mga tungkulin. Kaya bahagi ng awa ni Allāh na Siya ay nagsabatas para sa tao ng ipinangkukumpleto sa pagkukulang na ito. Ito ay ang ṣalāh ng pagkukusang-loob.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghuhulo ng mga

Negatividad ng Pagwaksi ng Ṣalāh na Pagkukusang-loob.

Numero ng Layon: 6

Basahin mo sa mga estudyante ang pariralang nasasaad sa aktibidad. Mamili ka ng isa sa mahuhusay para magbasa nito. Pagkatapos talakayin mo sa kanila ang mga bokabularyo nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para mahango ang iginagabay nito.

Talakayin mo ang tanong ng aktibidad at makipagtalakayan ka sa mga estudyante ng sagot dito para magpaalam sa kanila ng tumpak na sagot sa kundisyon na magtatala nito ang bawat isa sa kanila sa aklat niya.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Magbigay ka ng mga tanong na nasasaad sa aralin sa mga estudyante nang magkakasunud-sunod.

Mamimili ka para sa unang tanong at ikalawang tanong ng isang bilang ng mga estudyante para sa pagsagot sa dalawang ito. Salubungin mo ang mga pagsagot nila, habang naghahambing sa pagitan nila, kasama ng

pagbibigay ng pagkakataon sa mga kaklase nila para magtasa sa mga pagsagot nila.

PANUTO: $(X) - (\sqrt{}) - (X) - (\sqrt{})$

PANUTO 2: Sunnah na Binigyang-diin - Walong Rak`ah - Labing-isang Rak`ah.

Matapos ng pagwawakas ng pagsagot, magpanuto ka sa mga estudyante sa paglalagyan ng mga ito sa mga aklat nila kasama ng pagsangguni sa iyo sa kaso ng pagtigil nila sa alinmang tanong.

Magtalaga ka sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong. Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo, tasahin mo ang mga ito, at takdaan mo ang pinakaeksaktong grupo sa pagsagot. Pagkatapos mamili ka ng isa sa mga kaanib ng mga ito para basahin sa mga kaklase niya ang tumpak na sagot upang magsusog ang bawat nagkakamali sa kamalian niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan:

Ang pagpapalakas-loob at ang paghimok sa mga estudyante sa pagsasagawa ng *ṣalāh* ng

pagkukusang-loob at pagpapaalam sa mga individuwal na nakapaligid ng inihatid at ipinanawagan ng Islām na mga pagbabatas, mga simulain, at mga tunguhin (orientation) na nauugnay sa ṣalāh ng pagkukusang-loob at mga uri nito.

Ang Ikawalong Aralin: Ang Zakāh

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang zakāh - ang taon (sa kalendaryo ng Islām) - ang niṣāb - ang mga hayupan - ang wasq - ang ṣā` - ang napalulubag-loob ang mga puso - sa pagpapalaya ng alipin - ang mga nagkakautang - ang kinapos sa daan - ang kawanggawa ng pagkukusang-loob).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium na Nakarekord Dito ang Ilan sa mga Āyah na Nasasaad sa Aralin - Poster na Pampagtuturo - Ang Pisara - Ang Ilan sa mga Tanim at mga Bunga Tulad ng Trigo, Sebada, at Palay, Datiles, at Pasas - Mga Larawang Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Introduksiyong Pangkuwento - Ang Prognosis).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagmamamarangal sa Pagmamalasakit ng Islām sa mga Karapat-dapat sa Zakāh.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Kawanggawa ng Pagkukusang-loob at ang Pagsisigasig sa Pagbibigay Nito.

- Ang Pagsisigasig sa Pagbibigay ng Yaman sa Oras Nito.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itala mo sa pisara ang sumusunod na parirala:

(Ito ay ikatlo sa mga haligi ng Islām. Ito ay isang tungkulin sa sinumang nagmamay-ari ng yamang tinakdaan sa Batas ng Islām.)

Ayon sa liwanag ng pagkaintindi nila rito, hilingin mo sa kanila ang inaasahan na pamagat ng aralin at ang nasasaklawan nito na mga sangkap. Salubungin mo ang mga pagsagot nila, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay, pagkatapos itala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng paggamit ng pakikipagtalakayang panggrupo, makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa

patakaran ng zakāh at katayuan nito sa Islām, kasama ng pagbibigay ng pagkakataon sa kanila, pagkakatig sa kanila, at pagpapalakas-loob sa kanila.

Hakbang 2

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng kahatulan sa pagkaisinasabatas ng zakāh. Sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang pampaghuhulo, makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa paghulo ng mga bunga ng pagpapatupad sa zakāh at epekto nito sa lipunan.

Pagkatapos ilahad mo sa kanila ang clip na nasasaad sa aklat upang mahango nila ang pinakamahalaga sa nasaad dito.

Hakbang 3

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa sumusunod na āyah sa pamamagitan ng audio medium. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga kahulugan ng mga bokabularyo nito, pagkatapos bigyang-linaw mo sa kanila ang mga uring karapat-dapat sa zakāh gaya ng nasaad sa sabi ni Allāh:

(إِنَّمَا الصَّدَقَتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَمِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغُرَمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ ۖ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ) (التوبة: 60).

{Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha, mga manggagawa sa mga ito, napalulubag-loob ang mga puso, sa pagpapalaya ng alipin, at mga nagkakautang, ayon sa landas ni Allāh, at kinapos sa daan – bilang tungkulin mula kay Allāh. Si Allāh ay Maalam, Marunong.} (Qur'ān 9:60)

* Ang Paghuhulo

Mamili ka ng isang bilang ng mga pares mula sa mga estudyante, kung saan magbibigay ang bawat estudyante sa kapares ng isa sa mga tanong na nauugnay sa nilalaman ng aralin. Malugod na sasalubong ang bawat isa sa pares sa pagsagot ng kapares at magtatasa nito, kasama ng paggabay mo, pagsubaybay mo, at pagsubaybay ng mga kaklase nila sa mga pagsagot ng mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghango ng Ipinahihiwatig ng mga Tekstong Pangkapahayagan Mula sa mga Patakaran ng Zakāh.

Numero ng Layon: 1, 3

Magtala ka ng bawat katuturan mula sa mga katuturang nasasaad sa aktibidad sa dalawang kard at ipamahagi mo ang mga kard nang pasapalaran sa mga estudyante. Pagkatapos banggitin mo ang mga katuturan nang magkakasunud-sunod, kung saan pakaaalamin mo ang pagsagot ng dalawang estudyante na nagtataglay ng kard na nauugnay sa bawat katuturan. Tasahin mo ang mga pagsagot ng dalawang ito, kasama ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga kaklase nilang dalawa para sa pagtatasa sa kanilang dalawa, paghantong sa tumpak na pagsagot, at pagtatala nito sa talahanayang nakalagay sa mga aklat nila.

Ang mga Katuturan Ang mga Bahagi na Nagpapatunay Rito ang Āyah

Ang Pag-iibayo sa Gantimpala ng Paggugol

(كَمَثَلِ حَبَّةٍ أَنْبَتَتْ سَبْعَ سَنَابِلَ فِي كُلِّ سُنبُلَةٍ مِائَةُ حَبَّةٍ).

{gaya ng paghahalintulad sa isang butil na nagpatubo ng pitong puso, na sa bawat puso ay may isandaang butil} (Qur'ān 2:261)

Ang mga Katangian ng mga Tagapaggugol sa Landas ni Allāh

(لَا يَتَّبِعُونَ مَا أَنْفَقُوا مَنًّا وَلَا أَذًى).

{hindi nila pinasusundan ang anumang ginugol nila ng isang panunumbat ni pananakit,} (Qur'ān 2:262)

Ang Katayuan ng mga Tagapaggugol sa Araw ng Pagbangon

(لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ).

{ukol sa kanila ang pabuya nila sa ganang Panginoon nila, at walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot.} (Qur'ān 2:277)

Número ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa Pagbibigay-katwiran sa mga usaping pamfiqh.

Número ng Layon: 5

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa sa mga kaklase niya ng aktibidad. Pagkatapos talakayin mo ito sa kanila sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan at itataga mo ang bawat estudyante sa pagpapalagay ng maaasahan sa kalagayan ng lipunang Islāmiko kapag hindi nag-utos ang Islām sa mga mayaman na magpalabas ng zakāh, na naisagawang matutuhan mula sa aralin.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pakikilahok sa pamilya niya sa pakikipagtalakayan hinggil sa mga usaping nasasaad sa ikatlong aktibidad.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pag-asam

Numero ng Layon: 2

Magsigasig ka sa pag-alam sa isinagawa ng mga estudyante at nahantong nila kasama ng mga pamilya sa nauugnay sa pagsagot sa aktibidad sa darating na pagkikita.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga pangkat ng tatlong kaanib at hilingin mo sa bawat

grupo ang pagtutulungan sa pagsagot sa mga tanong na nasasaad sa mga aklat nila, sa kundisyon na sumagot ang bawat kaanib sa loob ng grupo ng isa sa mga tanong at magsubaybay sa kanya ang dalawang kaklase niya at magpanuto silang dalawa sa kanya.

Mamili ka ng dalawang grupo mula sa mga estudyante para maglahad ng pagsagot ng dalawang ito sa kundisyon na magtasa sa dalawang ito ang nalalabi sa mga grupo, habang tinatakdaan ang saklaw ng pagkakawangisan at mga an sa dalawang ito.

Takdaan mo ang gradong nababagay sa bawat pagsagot sa kundisyon na ipagkaloob ng grupo sa sarili nito ang gradong nababagay. Sa wakas, magtakda ka ng pinakamataas na grupo sa grado, habang ibinibigay sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

PANUTO 1: $(\sqrt{ }) - (\sqrt{ }) - (X) - (X)$

PANUTO 2: Ang Kasanhian ng Zakāh - Tungkulin ng Isang Individuwal - Ang Walang-kakayahan sa Pagbayad ng Utang Niya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Himukin mo ang mga estudyante sa pagmamalasakit sa pagbibigay ng zakāh ng yaman dahil sa kahalagahan nito sa pangangalaga sa mga karapat-dapat, at gayon din, sa pagtatangka sa pag-alam nang higit sa mga paraan ng paglalabas ng mga kawanggawa ng pagkukusang-loob para magtamo ng kalamangan ng mga ito.

Ang pagsusumikap sa pagpapaalam sa mga nakapaligid ng mga impormasyon na nasaad sa aralin, nang sa gayon maisagawa ang pagbibigay ng zakāh sa tumpak na anyo nito nang walang depekto o pagkukulang.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pag-aayuno

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (dala ng pag-asang gagantimpalaan - ang punlay - ang pagsusuka - ang pagpapasailalim sa hijāmah).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Recorder).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

* Ang Pagbibigay-halaga sa Pag-aayuno at Kainaman Nito.

* Ang Pagkaramdam sa Kadakilaan ng Ramaḍān at Pagsamba sa Panahon Nito.

* Ang Pagsisigasig sa Pagganap ng mga Pagsamba sa Buwan ng Ramaḍān.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Minamagaling na magpasimula ka para sa aralin mo sa pamamagitan ng paghiling mo sa mga estudyante na makinig sa recorder na nakarekord dito ang sabi ni Allāh:

(شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ ۖ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ۗ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَاكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ)

{Ang buwan ng Ramaḍān ay ang [buwang] pinababa rito ang Qur'ān bilang patnubay para sa mga tao at bilang mga malinaw na patunay mula

sa patnubay at saligan. Kaya ang sinumang nakasaksi kabilang sa inyo sa buwan [ng Ramaḍān] ay mag-ayuno siya rito at ang sinumang maysakit o nasa isang paglalakbay ay [mag-aayuno ng mismong] bilang mula sa ibang mga araw. Nagnanais si Allāh sa inyo ng isang ginhawa at hindi Siya nagnanais sa inyo ng hirap at upang bumuo kayo ng bilang at upang dumakila kayo kay Allāh dahil nagpatnubay Siya sa inyo, at nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.} (Qur'ān 2:185)

Pagkatapos mamimili ka ng ilan sa kanila para magbasa nito, pagkatapos makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito, pagkatapos maghahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihiling ka sa mga estudyante mo na magbukas ng aklat-aralin, pagkatapos mamimili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa ng aralin sa isang tinig na naririnig, pagkatapos hihiling ka sa kanila na magtala ng kinakailangan nila ang paglilinaw mula sa mga sangkap ng aralin.

Hakbang 2

Gagamitin mo ang istilo ng brainstorming at pagbabaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo. Magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagtatakda sa kainaman ng pag-aayuno at mga kundisyon nito.

Magtatala ang bawat grupo sa pisara ng nahantungan nito para sa paghahambing dito. Pagkatapos ilalahad niya ang mga tumpak na pagsagot kasama ng paglilinaw sa mga patunay na nauugnay rito.

Hakbang 3

Gagamit ka sa mga estudyante mo ng estratehiya ng pagkatutong kooperatibo at maghahati-hati ka sa kanila sa mga grupo, kung saan magsasaliksik ang bawat isa sa mga ito sa mga sunnah ng pag-aayuno at mga tagapagpawalang-saysay rito.

Pagkatapos mamimili ang bawat grupo ng isa rito para maglahad na nahantungan nito at pagtatasa nito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa mga estudyante na magtala ang bawat isa sa kanila ng mga puna niya hinggil sa aralin. Sasaklaw ang mga ito sa mga pangunahing ideya na nilalaman ng aralin at naisagawang matutuhan mula sa aralin.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng isinulat nila at itinama nila.

Pagkatapos humiling ka sa isa sa mga estudyante na maglahad ng binuod para sa aralin nang pasalita at magkomentaryo ka rito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghuhulo ng mga Gawain ng Kabutihan sa Buwan ng Ramadān.

Numero ng Layon: 4, 5

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagpuno ng talahanayan. Mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo, kung saan titindig sila na mga nakaharap sa mga kaklase nila. Maglalahad ang tagapagturo ng bawat teksto mula sa mga tekstong napaloloob sa talahanayan, sa kundisyon na maglahad ang kaanib na kumakatawan sa bawat grupo ng sagot ng grupo tungkol dito. Maghambing ka sa pagitan ng pagganap ng mga grupo, habang itinatakda ang pinakaeksakto sa mga ito sa paglalarawan at pag-aanalisa sa reyalidad.

Aktibidad 1:

Ang Gawain

Ang Pagpaparami ng Kawanggawa

Ang Pagbabasa ng Qur'ān

Ang Pagdarasal sa Gabi

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagtatangi sa Pagitan ng mga Tagapagpawalang-saysay ng Pag-aayuno at Iba pa sa mga Ito.

Numero ng Layon: 3, 4

Magbabaha-bahagi ang tagapagturo sa mga estudyante sa mga grupo at magpapanuto siya sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagsagot sa aktibidad. Pakaaalamin niya ang mga pagsagot ng mga grupo, habang ibinibigay ang pagsuportang nababagay sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot.

Ang Gawain Ang Kahatulan sa Pag-aayuno Niya Ano ang Kinakailangan sa Kanya?

Uminom siya ng juice sa umaga ng Ramaḍān habang nakalimot.

Nagpasailalim siya sa intravenous feeding.

Nagpakuha siya ng kaunting dugo para sa pagpapasuri.

Numero ng Aktibidad 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Listahan ng mga

Masagwang Pagsamba sa Buwan ng Ramaḍān.
Numero ng Layon: 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagpapakumpleto ng pagkakaalam hinggil sa aktibidad sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiyang elektroniko para sa pagpapadagdag ng mga impormasyon hinggil sa mga kamalian na nagagawa ng mga kaibigan sa mga pakikitungo nila, sa kundisyon na magsubaybay ka sa pagganap ng mga estudyante roon at nahahantungan nila na mga mungkahi sa darating na pagkikita.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara nang paisa-isa.

Humiling ka sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa pagsagot sa mga tanong.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran para maglahad ng mga pagsagot nila sa nalalabi sa mga kaklase nila.

Hilingin mo sa mga nagkakamali kabilang sa kanila ang pagsangguni sa nilalaman ng aralin

para basahin ito at ang paghango ng tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: Ang Layunin - Ang Pagpapasailalim sa Hijāmah - Ang Pagtigil-ayuno sa Pagkain ng Manibalang na Datiles

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Gaganyakin ng tapagturo ang mga estudyante sa pagsusumikap sa pagsamba sa buwan ng Ramaḍān, lalo na sa sampung huling araw nito, pagdarasal sa Gabi ng Pagtatakda dahil ang pagdarasal dito ay higit na mabuti kaysa pagsamba ng isang libong buwan.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ḥajj

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang kasuwailan - ang maḥram - ang kakayahan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang KWL (Alam Ko - Nais Kong Malaman - Natutuhan Ko) - Ang mga Praktikal na Paglalahad - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

* Ang Pagdakila sa Katayuan ng Ḥajj at `Umrah.

* Ang Pagkaramdam ng Kaluwagan ng Islām at Awa ni Allāh sa mga Lingkod Niya.

* Ang Pagpapaibig sa mga Nakakakaya sa Pagdadali-dali sa Pagsasagawa ng Ḥajj.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang larawan ng Bahay na Pinakababanal, tanungin mo sila tungkol sa damdamin nila tungo rito, at tanggapin mo ang mga pagsagot nila. Pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin, pagkatapos isulat mo ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Itatalaga mo ang mga estudyante sa pagbasa ng aralin sa isang tahimik na pagbasa ayon sa layon ng pagtalos sa mga pangunahing ideya sa aralin.

Matapos ng pagwawakas ng pagbasa ng bawat parapong naisagawa ang pagpapaliwanag dito, kasama ng pagbibigay-linaw sa mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyo rito.

Hakbang 2

Gagamit ka ng istilo ng KWL (Alam Ko - Nais Kong Malaman - Natutuhan Ko).

Hihilingin mo sa bawat estudyante na magbahagi ng kuwaderno niya sa tatlong bahagi.

Magsusulat siya sa unang bahagi ng kahatulan ng ḥajj at kainaman nito sa Islām.

Magsusulat siya sa ikalawang bahagi ng ninanais niyang malaman tungkol sa mga kundisyon ng ḥajj.

Hinggil naman sa ikatlong bahagi, ilalagay sa pamagat ang naisagawang matutuhan mula sa mga kundisyon ng ḥajj.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para bumanggit ng isinagawa nilang isulat at magtatala ka sa pisara ng ilan sa babanggitin nila.

Hakbang 3

Gagamit ka ng estratehiya ng pagkatutong kooperatibo at magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo.

Magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagpapaliwanag ng mga haligi ng ḥajj.

Mamimili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantong nila. Ipagkakaloob mo sa kanila ang feedback na nababagay.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Gumamit ka ng estratehiya ng brainstorming at hilingin mo sa mga estudyante ang paglaho sa isa't isa sa kanila sa pagsipi sa pinakamahalaga sa mga paghuhulo, pagkatapos itala mo ang mga ito sa pisara, na kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

Ang ḥajj ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Islām. Ito ay isang tungkulin ng individuwal ukol sa bawat inatangan ng tungkuling nakakakaya nito isang beses sa tanang buhay.

Ang ḥajj ay may dakilang gantimpala at ang pagbaya rito ay masagana sa ganang kay Allāh sapagkat kabilang sa mga kainaman nito ang pagpapataalsik ng karalitaan, ang kapatawaran sa mga pagkakasala, at ang pagpasok sa Paraiso.

Kabilang sa mga kasanhian ng pagkaisinasabatas ng ḥajj: ang paglalantad ng pagpapakaaba kay Allāh at ang pagkalas sa Mundo.

Isinatungkulin ang pagsasagawa ng ḥajj noong ikasiyam na taon mula ng paglikas sa Madīnah, isang taon matapos ng pagsakop sa Makkah.

Kabilang sa mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng pagsasagawa ng ḥajj: ang pagtuntong sa sapat na gulang, ang pagkakaroon

ng isip, ang kakayahan, at ang pagkakaroon ng mahram para sa babae.

Ang ḥajj ay wuqūf (pagtigil) sa `Arafah sa gabi ng ikasampung araw ng Dhulḥijjah, ṭawāf (pag-ikot) sa paligid ng Bahay na Pinakababanal nang pitong ulit, at sa`y (pagpabalik-balik) sa pagitan ng Ṣafā at Marwah nang pitong ulit, ayon sa isang anyong natatangi habang nasa kalagayan ng iḥrām.

Ang mga Aktibidad:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapaliwanag ng mga Kundisyon ng Ḥajj.

Numero ng Layon: 3

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hilingin mo sa kanila ang maupo sa hugis ng mga umpukan (ḥalaqah). Ang bawat umpukan ay magtutulungan sa pagsagot sa unang aktibidad at magtatakda ang bawat isang umpukan sa isa sa mga kaanib nito upang maghayag ng nahantungan ng grupo nito. Ang anumang naisagawang kasunduan sa panig ng lahat ay itatala sa pisara sa pamamagitan ng isa sa mga estudyante. Ang anumang nangyaring pagkakaibahan ay

isasagawa ang pagtatalakayan dito sa harapan mo at sa ilalim ng pangangasiwa mo, nang sa gayon maisagawa ang paghantong sa tama at ang pagtatala nito sa pisara.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapaibig sa Nakakakaya sa Pagsasagawa ng Hajj.

Numero ng Layon: 5

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang dalawang hadith na nasasaad sa ikalawang aktibidad. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para basahin ang dalawang ito, pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa kahulugan ng dalawang ito at nilalayon ng dalawang ito.

Pagkatapos magpapanuto siya sa bawat estudyante sa pagsulat ng liham na hinihiling sa aktibidad at pagtatala ng sagot niya sa isang kard na panlabas. Pagkatapos titipunin niya ang mga kard at tatasahin niya ang mga ito, habang itinatakda ang pinakaeksakto sa mga pagsagot, kasama ng pagbubunyi sa tagapagtaglay ng mga ito.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw sa mga Gawaing Ukol Dito Tulad ng Gantimpala sa Hajj at `Umrah.

Numero ng Layon: 4

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hihilingin mo sa bawat grupo ang pakikilahok sa paglutas ng mga katanungan.

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulungan nila sa pagsagot.

Magtatalaga ka sa bawat grupo na mamili ng isang kasapi mula rito para maglahad ng pagsagot nito, at maisasagawa ang pagtatasa rito.

PANUTO 1: - (X) - (X)

PANUTO 2: (Kapatawaran ng mga Pagkakasala) - (Tumpak at Hindi Ginagantihan) - (Ang Mahram) - (Ang Pag-uwi sa Bayan Niya).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagpapagana sa naisagawang mapag-alaman sa aralin na mga kaparaanan at mga pamamaraan ng paghimok sa mga tao sa pagganap ng tungkulin ng pagsasagawa ng hajj at ang papel ng mga masjid at mga tagapag-anyaya roon, yayamang magtutulungan ang mga estudyante sa paglahad ng mga opinyon at mga ideya at sa pagsulat ng mga pangungusap na panggabay sa mga website ng social media at internet para magpaalam sa mga individuwal ng kainaman ng tungkuling ito.

Ang Larangan ng mga Etiketa at mga Kaasalan

Ang Unang Aralin: Ang Kagandahan ng Kaasalan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang kagandahan ng kaasalan - ang maayos sa mga kaasalan - ang mahalay na bastos - magtalikuran kayo).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Semantic Map - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Istilo ng Simetriya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Katayuan ng Kagandahan ng Kaasalan.

* Ang Paniniwala na ang Pananampalataya ay Hindi Naisasakatuparan Kundi sa Pamamagitan ng Kagandahan ng Kaasalan sa mga Tao.

* Ang Pagdakila sa Epekto ng Kagandahan ng Kaasalan sa Individuwal at Lipunan.

* Ang Pagsisigasig sa Pagpapatupad ng mga Pagkakahayag ng Kagandahan ng Kaasalan.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ipabatid mo sa mga estudyante na ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang tinutularan at ang

pinakamataas na halimbawa sa kagandahan ng kaasalan. Humimok siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa atin sa pananatili sa kagandahan ng kaasalan sa mga tao sa sabi niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Umasal ka sa mga tao sa isang magandang kaasalan."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 1987.) Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa lahat ng ito, pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo ang pamagat nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Gumamit ka ng istilo ng semantic map para bigyan ang mga estudyante ng isang larawang pang-isip tungkol sa maisasagawang matutuhan mula sa aralin.

Itala mo ang mga sangkap ng aralin sa mapang iyon at ang pangunahing pamagat nito: "Ang Kagandahan ng Kaasalan". Naglalaman ito ng: "Ang Kahulugan ng Kagandahan ng Kaasalan" - "Ang mga Kainaman ng Kagandahan ng Kaasalan" - "Ang Pananampalataya at ang Kagandahan ng Kaasalan" - "Ilan sa mga Pagkakahayag ng Kagandahan ng Kaasalan" - "Ang Kagandahan ng Kaasalan at ang Pagpasok sa Paraiso".

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, magpapanuto ang tagapagturo sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagbibigay ng mga tanong na naiibigan nilang dalawa na sumagot sa mga ito ang nilalaman ng aralin.

Tipunin mo ang mga tanong at itala mo ang mga ito sa isang poster na isasabit sa harapan ng mga estudyante.

Pagkatapos pagyayamanin mo ang mga tanong na iyon sa pamamagitan ng isang grupo ng mga tanong na pangkaragdagang napalolob sa hakbang na iyon.

Ano ang konsepto ng kagandahan ng kaasalan?

Banggitin mo ang katayuan ng kagandahan ng kaasalan sa Islām.

Ipaliwanag mo ang kaugnayan sa pagitan ng pananampalataya at kagandahan ng kaasalan.

Mag-isa-isa ka ng ilan sa mga pagkakahayag ng kagandahan ng kaasalan.

Hakbang 3

istilo ng simetriya, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang mga sumusunod na pagkakahayag ng kagandahan ng kaasalan at

hihilingin niya sa kanila na takdaan ang pagkakahayag at ang anyo nito.

Ang sinumang nakasagot mula sa kanila ng isang tumpak na sagot, magbubuod siya ng nalaman niya tungkol sa uring iyon sa isang pinaigsing pangungusap.

May isang lalaking hindi bumabanggit sa mga kasamahan niya kundi sa kabutihan sapagkat hindi siya bumabanggit sa isa man sa kasagwaan.

Si Ahmad ay isang empleyado sa isa sa mga kumpanya. Itinaas sa tungkulin ang kasamahan niya kaya binati niya ito at dinalanginan na pagpalain.

May naganap na pagtatalo sa pagitan ng magkaklase sa paaralan. Hiniling sa iyo ang pagsaksi saka sinabi mo ang totoo at hindi ka nagpaimbabaw.

Hinaharap ni Muhammad ang mga kaibigan niya palagi sa isang mukhang nakangiting masayahin.

Nagsalita ang isa sa mga tao patungkol sa isang kaklase niya sa pag-aaral sa isang sinabing kaaya-aya.

Nagsisigasig si Khālid sa pagkakaloob ng pagkain sa mga maralita at mga nangangailangan.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Mag-uulit sa mga estudyante ang tapagturo ng paglalahad ng isang semantic map na hindi naglalaman ng mga sangkap ng aralin. Pagkatapos mamimili siya ng isa sa kanila para magsulat ng isa sa mga sangkap, kasama ng pagbibigay-linaw sa sangkap na iyon. Sa kaso ng kawalan ng kakayahan nito roon, tatayo ang isang kaklase nito. Ganoon nga hanggang sa makumpleto ang mga sangkap ng aralin, kasama ng pagkatig ng tagapagturo at pagpapalakas-loob niya sa mga estudyante.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paghango ng mga Pagkakahayag ng Magandang Kaasalan Mula sa mga Teksto.

Numero ng Layon: 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagbasa ng mga tekstong nasasaad sa unang aktibidad, kasama ng pagbubulay-bulay rito at pag-alam sa kahulugan nito. Pagkatapos hihilingin niya sa bawat isa sa kanila ang magpagana ng mga pang-isip na kakayahan nila para sa paghango ng magandang kaasalan mula sa teksto. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng isinulat nila, kasama ng

paghahambing sa pagitan nila at ng pagtatakda sa pinakaeksakto sa mga pagsagot.

Ang Magandang Kaasalan

Ang Kabaitan

Ang Pagkaawa

Ang Katapangan at ang Pagkamapagbigay

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagsulat ng Pinakamaganda sa mga Sinasabi. Numero ng Layon: 3, 4

Magdaraos ang tagapagturo ng isang panggrupong sesyon ng talakayan, yayamang hihilingin niya sa mga estudyante ang umupo sa isang pormang bilog, kung saan haharap sila sa isa't isa sa kanila. Magpapaalam siya sa kanila ng layon ng sesyon at ng nauugnay sa pagsulat ng pinakamaganda sa mga masasabing nababagay sa mga sinasabing nasasaad sa aktibidad. Hihilingin niya sa kanila na magbigay ng mga opinyon nila sa harap niyon, kasama ng pagtalakay sa bawat senaryo sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at paglunas.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng mga pahayag niya nang magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila na mag-angat ng mga kamay nila pataas sa kaso na ang pahayag ay tumpak. Magsusubaybay siya sa pagganap nila at magtatama sa mga kamalian nila.

PANUTO 1: ($\sqrt{\quad}$) - (X) - ($\sqrt{\quad}$)

Para sa pagsagot sa ikalawang tanong, magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagtugon dito nang nagsosolo. Magdaraan siya sa kanila upang mag-alam sa mga pagsagot nila, habang nagpapanuto sa tumpak na sagot sa nagkakamali sa kanila.

Ibibigay ng tagapagturo sa mga estudyante ang ikatlong tanong. Mamimili siya ng tatlo sa kanila para sa pagsagot sa mga pahayag. Mamimili siya ng tatlong iba pa para magtasa sa pagsagot ng mga kaklase nila. Sa wakas, mag-aalam siya kasama nila sa tumpak na pagsagot para magtala nito sa mga aklat nila.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Mag-uulit ang bawat estudyante ng pagbasa ng mga pampropetang hadith na nagpapahiwatig sa mga pagkakahayag ng kagandahan ng kaasalan. Pakaaalam niya ang iba pa rito sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat na panrelihiyon o mga alagad ng Relihiyon o mga elektronikong reperensiya, nang sa gayon makaunawa siya sa mga hadith na iyon, makapagsadamdamin siya sa pamamagitan ng mga ito sa epekto ng kagandahan ng kaasalan sa individuwal at lipunan, at magtangka siya na magbigay ng mga paggabay at mga pagtawagpansin sa sinumang nasa paligid niya hinggil sa epekto nito upang magpaabot sila nito sa mga ibang tao. Gayon nga nang sa gayon sumalahat ang pagkakaalam.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Katangian ng Katapatan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang katapatan - ang mga martir - ang pagsasamabuting-loob - ang kapanatagan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pamamaraan ng KWL - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang paniniwala na ang katapatan ay isang kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso.

Ang pagtataglay ng katapatan sa mga sinasabi at mga ginagawa.

Ang pagsisigasig sa pag-ibig sa katapatan at pagkaibig sa mga tapat.

Ang pagbibigay-halaga sa kahalagahan ng pagdudulot ng edukasyon sa mga bata sa katapatan.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng pagpapabatid sa mga estudyante na ang katapatan ay kabilang sa pinakadakila sa mga kaasalan na ipinag-utos sa atin ni Allāh. Pagkatapos magtatanong ka sa kanila tungkol sa kaugnayan ng katapatan sa pananampalataya at ng epekto nito sa buhay ng mga Muslim at tatanggap ka mula sa kanila ng pagsagot. Pagkatapos magpapabatid ka sa kanila na tayo ay mag-aalam sa sagot doon sa pamamagitan ng

aralin. Pagkatapos isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na binahagi sa tatlong bahagi. Naglalaman ang unang bahagi ng titik K, ang ikalawang bahagi ng titik W, at ang ikatlong bahagi ng titik L.

Magpapaliwanag siya sa kanila ng layon ng bawat bahagi, pagkatapos hihiling siya sa kanila na maglahad ng nalalaman nila mula sa mga lumang impormasyon tungkol sa katapatan. Iyon ay ayon sa liwanag ng pagbubulay-bulay nila sa mga layon ng aralin. Isasagawa ang pagsulat nito sa unang bahagi.

Magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman mula sa mga impormasyon at mga sangkap sa pamamagitan ng aralin at paglalaman nito sa ikalawang bahagi. Magkokomentaryo siya sa isinulat nila para mapag-alaman ang nakalipas na kadalubhasaan nila hinggil sa aralin.

Hakbang 2

istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap at

hihilingin niya sa kanila na magpaliwanag ng ipinahihiwatig nito. mga pagsagot nila, magbibigay-linaw siya sa konsepto ng katapatan at mga larangan nito.

(Ang Pagkakatugma ng Sinasabi sa Ginagawa, ng Nakalantad sa Nakakubli, ng Salita sa Reyalidad).

Hakbang 3

Sa paggamit ng estratehiya ng mainit na silya, uupo ang mga estudyante sa isang pormang bilog at may ilalagay na isang silya sa gitna ng bilog. Hihilingin ng Tagapagturo sa isa sa mga estudyante ang pag-upo sa mainit na silya.

Magpapanuto sa mga kaklase nito ang tagapagturo para magbasa ng mga sumusunod na kainaman. Pagkatapos magsisimula ang mag-aaral sa pagsalubong sa mga tanong ng tagapagturo at mga kaklase hinggil sa pagpapaliwanag ng mga kainamang ito at sa pag-intindi sa mga ito nang maigi.

Magsusubaybay ang tagapagturo at ang mga kaklase sa pagsagot ng mag-aaral, magtatasa sila nito, at makikipagpalitan sila ng mga impormasyon at mga ideya sa mag-aaral para makaalam sa tamang sagot.

1. Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso.

2. Ang katapatan ay kabilang sa mga katangian ng mga sugo ni Allāh. Nag-utos nga sa atin si Allāh ng pagtulad sa kanila.

3. Ang katapatan ay nagpapakamit sa Muslim ng kapanatagan sa puso at katahimikan sa kaluluwa.

4. Ang katapatan ay patunay na lakas ng personalidad at tanda ng tiwala sa sarili.

5. Ang katapatan ay gumagawa sa Muslim na iniibig sa lipunan niya, na nakikilala sa kabutihan sa gitna ng mga tao.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong bahagi ng kard na nasa harapan nila. Ito ay ang naglalaman ng titik L at nauugnay sa pagsulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa anyo ng mga sangkap, pangkalahatan at pansangay.

isasagawa ang pagpili sa ilan sa mga kard para sa pagkomentaryo sa mga ito at paglilinaw sa saklaw ng kaeksaktuhan ng mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paglililaw ng Kahalagahan ng Edukasyon sa Katapatan.

Numero ng Layon: 3

Itala mo ang tekstong pangqur'ān na nasasaad sa unang aktibidad sa ilang kard at ipamahagi mo ito sa mga estudyante nang pasapalaran. Pagkatapos mamili ka ng isa sa kanila para magbasa nito at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito. Pagkatapos italaga mo ang bawat isa sa kanila sa pagsagot sa mga tanong na nauugnay sa teksto, kasama ng pagtatasa mula sa panig mo at mula sa panig ng mga kaklase nila.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paghulo ng mga Kainaman ng Katapatan.

Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap sa aktibidad. Subaybayan mo ang mga grupo para magpakatiyak sa paglahok ng mga kaanib ng bawat grupo sa aktibidad. Pagkatapos mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng isinagawa ng grupo niya, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot.

Ang Kainaman ng Katapatan

Ang Bigat ng Gantimpala ng mga Tapat

Ang Katapatan ay patunay ng pangingilag magkasala.

Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpapala.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Ganti sa Katapatan kay Allāh.

Numero ng Layon: 1

Magpanuto ka sa bawat estudyante upang magpahayag sa pamamagitan ng istilo niya sa kahihinatnan ng katapatan kay Allāh sa pamamagitan ng pagpapakaintindi niya mula sa recording sa link na nasasaad sa aktibidad. Hilingin mo sa bawat estudyante na magbasa sa mga kaklase niya ng nahantong niya, habang ibinibigay ang pagpupuri sa pinakamainam na pagpapahayag, sa pagkakabalangkas at sa pag-epekto. Mamili ka ng sinumang magbabasa nito sa pampaaralang pagtitipon sa umaga.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Sasagutin ng bawat estudyante nang nagsosolo ang mga tanong na napaloloob sa aklat.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito upang magtasa ang bawat isa sa kanila dalawa sa isa.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante, kung saan maglalahad ang bawat isa sa kanila ng pamamaraan ng pagtatasa niya sa kaklase niya at ng natuklasan niya na mga kamalian at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Magpaalam ka sa mga estudyante sa wakas ng pang-ehemplong pagsagot upang magtama ang bawat isa sa kanila ng kamalian niya.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (X) - (✓) - (✓)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Magpapagabay ang mga estudyante sa mga tatak ng pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagtataglay ng katapatan at mga kainaman nito na napag-alaman nila sa pamamagitan ng aralin at paggawa sa pagpapatupad ng mga ito sa loob ng pamilya o sa kapaligiran ng trabaho.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (bunton - tinamaan iyan ng ulan - ang pandaraya - ang pagpapaimbabaw).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang paniniwala na ang katapatan ay kabilang sa mga pinakamahalaga sa mga katangian ng mga propeta at mga isinugo.

* Ang pagtataglay ng pagkamapagkakatiwalaan at ang pag-iwas sa pagtataksil.

* Ang pagsasadamdamin ng panganib ng paglaho ng pagkamapagkakatiwalaan sa mga lipunan.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglahad ka sa mga estudyante ng teksto ng sumusunod na ḥadīth: **Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay naparaan sa isang buntong ng makakain. Kaya nagpasok siya ng kamay niya rito saka nagtamo ang mga daliri niya ng pamamasa kaya nagsabi siya: "Ano ito, O may-ari ng pagkain?" Nagsabi ito: "Tinamaan po iyan ng ulan, O Sugo ni Allāh." (nabasa ng tubig ulan) Nagsabi siya: "Kaya bakit hindi ka naglagay nito sa ibabaw ng pagkain upang makakita rito ang mga tao? Ang sinumang nandaya ay hindi kabilang sa akin."}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 102.)

Matapos pagbulay-bulayan ang ḥadīth na ito, sino ang nakakakaya sa inyo na mag-isa-isa sa atin ng pinakamahalaga sa mga katangian ng mangangalakal na Muslim? Tatanggapin mo sa kanila ang pagsagot at itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

pagpapatulong sa istilo ng mga advance organizer, maglahad ka sa pamamagitan ng display screen ng isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga sangkap ng aralin at hilingin mo sa kanila na magbulay-bulay sa porma at maglagay ng isang pamagat na nababagay para rito.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na parirala. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng ipinahihiwatig ng mga ito. Matapos ng pagkaalam sa mga pagsagot nila, bigyang-linaw mo sa kanila ang mga katangiang pinapakay, ang mga anyo nito, at ang saloobin ng Batas ng Islām dito:

Ang pagganap sa mga tungkulin kay Allāh, ang pag-iingat sa mga kasunduan, mga lagak, mga lihim, at mga dangal, at ang pag-iingat sa mga bahagi ng katawan laban sa ipinagbawal ni Allāh ... ano ang mga ito?

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay may maraming anyo. Mag-isa-isa ka ng ilan sa mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga halimbawang positibo at mga halimbawang negatibo, ilahad mo sa mga estudyante ang mga

sumusunod na senaryong pambuhay nang magkakasunud-sunod at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila sa mga ito alinsunod sa napag-alaman nila mula sa aralin:

May isang trabahador na mahusay sa trabaho niya subalit siya nagkakalat ng ilan sa mga lihim ng kompanya na pinagtatrabahuhan niya.

May isang mangangalakal na nagtitinda ng mga pagkain na nagwakas na ang panahon ng kaangkupan ng mga ito.

Gumugugol si Sa`id ng mga ipinagkatiwala ng mga kamag-anak niya, na inilagay nila sa piling niya, nang walang paghingi ng pahintulot nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa paggawa ng isang mapang organisasyonal na nagpaliwanag, sa pamamagitan nito, ng mga anyo ng pagkamapagkakatiwalaan at mga kainaman nito na napag-alaman niya mula sa aralin. Magsagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante para malaman mo ang mga pagdisenyo nila. Mamili ka ng pinakahigit sa mga ito sa kaeksaktuhan, sa pag-akit, at sa kaliwanagan para maglahat nito sa lahat.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Anyo ng Pagkamapagkakatiwalaan.

Numero ng Layon: 2

Mamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturong naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos mamimili ka ng pinakamainam sa mga pagsagot at maglalahad ka ng mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga Kaparaanang Tagatulong sa Pagkamapagkakatiwalaan sa Gawain.

Numero ng Layon: 4, 5

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hilingin mo sa kanila ang maupo sa hugis ng mga umpukan (ḥalaqah). Ang bawat umpukan ay magtutulungan sa pagsagot sa aktibidad at magtatakda ang bawat isang umpukan sa isa sa mga kaanib nito upang maghayag ng nahantungan ng grupo nito. Magtatala nito sa pisara ang isa sa

mga estudyante. Ang anumang nangyaring pagkakaibahan ay isasagawa ang pagtatalakayan dito sa harapan mo at sa ilalim ng pangangasiwa mo, nang sa gayon maisagawa ang paghantong sa tama at ang pagtatala nito sa pisara.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot ng mga tanong na nasasaad sa mga aklat nila.

Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo upang malaman mo ang tama at ang mali sa mga ito at ang pagkaalam sa papel ng bawat kaanib mula sa mga kaanib ng grupo sa pagsagot sa mga tanong na ibinigay.

Magkomentaryo ka sa mga kamalian na nasa bawat grupo, habang naglalahad para sa pagtama sa mga ito.

Maghanda ka para sa grupo ng mga papel nito para magwasto ng mga ito at magsusog sa mga ito ayon sa liwanag ng naisagawang mailahad.

PANUTO 1: - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pagsisiglas sa paggaya sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagtataglay ng kaasalan ng pagkamapagkakatiwalaan at pananatili sa mga nagkakaiba-ibang anyo nito.

Ang pakikipagharap sa mga pagkakahayag na sumasalungat sa kaasalan ng pagkamapagkakatiwalaan sa lipunang nakapaligid. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at paggabay sa mga individuwal at pagpapaalam sa kanila ng naisagawang pag-aaral sa pamamagitan ng paksa.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katangian ng Pagtitiis

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang unang dagok ng kasawian).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang Pisara).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pamamaraan ng KWL - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang paniniwala na ang pagtitiis ay naisasakatotohanan sa pag-iwas ipinagbawal ni Allāh.

* Ang pagtataglay ng pagtitiis sa sandali ng mga kasawiang-palad.

* Ang pagsisigasig sa pagtitiis sa pagtalima kay Allāh.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kainaman ng Pagtitiis.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magbigay ka sa aralin ng paglilinaw na ang pagtitiis ay hindi nalilimitahan sa pagtitiis sa sandali ng mga kasawiang-palad; bagkus sumasaklaw ito sa ilang bagay. Ito ang matututuhan natin sa aralin ngayong araw. Pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara: Ang Katangian ng Pagtitiis.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Mamahagi ang tagapagturo sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na binahagi sa tatlong bahagi. Naglalaman ang unang bahagi ng titik K, ang ikalawang bahagi ng titik W, at ang ikatlong bahagi ng titik L.

Magpapaliwanag siya sa kanila ng layon ng bawat bahagi, pagkatapos hihiling siya sa kanila na maglahad ng nalalaman nila mula sa mga lumang impormasyon tungkol sa pagtitiis. Iyon ay ayon sa liwanag ng pagbubulay-bulay nila sa mga layon ng aralin. Isasagawa ang pagsulat nito sa unang bahagi.

Magpapanuto siya sa kanila sa paglalahad ng naiibigan nilang mapag-alaman mula sa mga impormasyon at mga sangkap sa pamamagitan ng aralin at paglalaman nito sa ikalawang bahagi. Magkokomentaryo siya sa isinulat nila para mapag-alaman ang nakalipas na kadalubhasaan nila hinggil sa aralin.

Hakbang 2

istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap at hihilingin niya sa kanila na magpaliwanag ng ipinahihiwatig nito. mga pagsagot nila,

magbibigay-linaw siya sa konsepto ng katapatan at mga larangan nito.

(Naisasakatotohanan ang pagtitiis sa pamamagitan ng pagpipigil sa sarili ng ipinagbawal ni Allāh, pagganap ng inobliga niya na mga tungkulin, at pagkalugod sa itinakda ni Allāh.)

Hakbang 3

Sa paggamit ng estratehiya ng mainit na silya, uupo ang mga estudyante sa isang pormang bilog at may ilalagay na isang silya sa gitna ng bilog. Hihilingin ng Tagapagturo sa isa sa mga estudyante ang pag-upo sa mainit na silya.

Magpapanuto ang guro sa mag-aaral sa pagbasa sa mga kaklase niya ng mga sumusunod na uri ng pagtitiis, pagkatapos magsisimula ang mag-aaral sa pagsalubong sa mga tanong ng tagapagturo at mga kaklase niya hinggil sa pagpapaliwanag sa mga uring ito at pag-intindi sa mga ito nang maigi.

Magsusubaybay ang tagapagturo at ang mga kaklase sa pagsagot ng mag-aaral, magtatasa sila nito, at makikipagpalitan sila ng mga impormasyon at mga ideya sa mag-aaral para makaalam sa tamang sagot.

Ang Pagtitiis sa Pagtalima kay Allāh.

Ang Pagtitiis sa Pagpipigil sa Pagsuway kay Allāh.

Ang Pagtitiis sa Kasawian.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong bahagi ng kard na nasa harapan nila. Ito ay ang naglalaman ng titik L at nauugnay sa pagsulat ng natutuhan nila mula sa aralin sa anyo ng mga sangkap, pangkalahatan at pansangay.

isasagawa ang pagpili sa ilan sa mga kard para sa pagkomentaryo sa mga ito at paglilinaw sa saklaw ng kaeksaktuhan ng mga ito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagbasa at Pag-uugnay.

Numero ng Layon: 4

Itala mo ang mga tekstong pangqur'ān na nasasaad sa ilang kard at ipamahagi mo ito sa mga estudyante nang pasapalaran. Pagkatapos mamili ka ng isa sa kanila para magbasa ng mga ito at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito at iginagabay ng mga ito. Pagkatapos italaga mo ang bawat isa sa kanila sa

pagsagot sa mga tanong na nauugnay sa mga teksto, kasama ng pagtatasa mula sa panig mo at mula sa panig ng mga kaklase nila.

Mga Kaparaanang Tumutulong sa Pagtitiis.

Ang Kabutihan ay Maaaring Nasa Kinasusuklanan ng Tao.

Ang Kainaman ng Pagtitiis

Ang Pagsasagawa ng mga Pagsamba

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pagtataglay ng Pagtitiis.

Numero ng Layon 5, 6

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot, kasama ng pagpapapuri sa Inakagawa nito.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagtitiis sa Perhuwisyo ng Ibang Tao. Numero ng Layon: 6

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagpapakumpleto ng pagkakaalam hinggil sa aktibidad sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiyang elektroniko para magpadagdag ng mga impormasyon hinggil sa pagpapanumbalik mula sa memorya ng isang senaryo na nagtiis siya rito sa isang kinasusuklanan at nakatagpo naman siya ng kabutihan sa itinakda ni Allāh para sa kanya, sa kundisyon na magsubaybay ka sa pagganap ng mga estudyante roon at sa mahahantungan nila na mga senaryo sa darating na pagkikita.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang.

Sasagutin ng bawat estudyante nang nagsosolo ang mga tanong na napaloloob sa aklat.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito upang magtasa ang bawat isa sa kanila dalawa sa isa.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante, kung saan maglalahad ang bawat isa sa kanila ng pamamaraan ng pagtatasa niya sa kaklase niya at ng natuklasan niya na mga kamalian at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Magpaalam ka sa mga estudyante sa wakas ng pang-ehemplong pagsagot upang magtama ang bawat isa sa kanila ng kamalian niya.

PANUTO 1: (X) - ($\sqrt{}$) - ($\sqrt{}$)

PANUTO 2: Ang Pagsuway - Ang Pagpapasalamat sa Biyaya - Ang mga Kaparaanan sa Pagtitiis.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pagtakwil sa mga lumalaganap na anyo ng kawalan ng pagtataglay ng pagtitiis sa lipunan nila, ang pagpapatulong sa mga kaparaanan na naisagawang mailahad sa aralin, at ang pagtatangka sa pagpapatupad ng mga ito, maging sa isang anyong pang-individuwal man o panggrupo o sa pamamagitan ng pagpapagabay sa mga individuwal na nakapaligid o sa pamamagitan ng mga alagad ng Relihiyon. Iyon ay para sa pananaig sa mga anyo at mga pormang iyon para sa pagpupunyagi sa pagtatayo ng isang lipunang nagtataglay ng pagtitiis at pangungunypit dito.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Katangian ng Pagkahiya

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagkahiya - ang naisilid nito - ang nilaman nito - ang pagsubok - dalawang katangian - sangay).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawang Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pansariling Pagtanung-tanong - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- * Ang Pagtataglay ng Kaasalan ng Pagkahiya.
- * Ang pagkaramdam ng Pagkahiya kay Allāh.
- * Ang Pagsisigasig sa Pagkahiya sa Sarili at mga Tao.
- * Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kaasalan ng Pagkahiya.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, pasimulan mo ang aralin sa pamamagitan ng pagbasa mo ng ikalawang ḥadīth: Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na kabilang sa naabutan ng mga tao mula sa pananalita ng unang pagkapropeta: Kapag hindi ka nahiya, gawin mo ang niloob mo."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 6120.)

Pagkatapos hilingin mo sa mga estudyante ang magbulay-bulay sa ḥadīth at ang mag-isip-isip kung papaanong ang pagkahiya ay nagiging tagahadlang para sa Muslim laban sa mga pagsuway. Tatanggapin mo mula sa kanila ang pagsagot at magkokomentaryo ka rito. Pagkatapos magpapahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map at para sa pag-organisa ng pagkakaalam na pang-isip, maglalahad ang tagapagturo sa pamamagitan ng mga larawan ng isang pormang organisasyonal ng paksa ng pagkahiya sa punto ng konsepto, mga uri, at mga kainaman.

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante na magbigay ng ilan sa mga tanong, na naiibigan nilang mapag-

alaman, tungkol sa mga sangay na iyon, titipunin niya ang mga tanong, at itatala niya ang mga ito sa pisara. Maaari sa kanya na pagyamanin ang mga ito sa pamamagitan ng mga tanong na pangkaragdagan upang sumaklaw sa magkakaiba sa mga sangkap ng aralin. Baka ito ay magiging kabilang sa mga tanong na ilalahad:

PANUTO: Ano ang kahulugan ng pagkahiya?

PANUTO: Ano ang mga uri ng pagkahiya.

PANUTO: Papaano ang pagkahiya kay Allāh?

PANUTO: Papaanong mahihiya ang individuwal sa mga tao at sa sarili.

Hakbang 2

Tatalakay ang tagapagturo ng mga uri ng pagkahiya sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag kasama ng pagsasanib ng sagot ng mga naunang tanong sa pagbibigay-linaw. Sa sandaling iyon, ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga patunay na naglilinaw sa kainaman ng pagkakaroon ng pagkahiya at hihilingin niya sa mga estudyante ang makilahok sa pagpapaliwanag ng mga kahulugan ng mga bokabularyo at ng iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pagtutumpak sa mga pagsasakonseptong mali, ipanuto mo ang dalawang sumusunod na senaryo sa mga estudyante at hilingin mo sa kanila ang maghayag ng opinyon hinggil sa dalawang ito. Sa pamamagitan ng pagtatasa sa mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang tumpak na sagot, kasama ng pagmumungkahi ng mga kaparaanan ng paglunas sa kakauntian ng pagkahiya.

Ang paglabas ng ilan sa mga babae nang walang kumpletong pagsunod sa pagsusuot ng ḥijāb ayon sa Sharī`ah.

Ang pag-uusap ng ilan sa mga lalaki sa mga ibang lalaki tungkol sa mga lihim na pangmag-asawa.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na magbuod ng aralin sa isang pamamaraang pasalita nang walang pagpapatulong sa mga nasulatang papel. Susuporta ka sa sinumang mahusay roon.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Paghango ng mga Anyo ng Pagkahiya.

Numero ng Layon: 2

Ilahad mo sa mga estudyante ang dalawang tekstong nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng display screen. Mamili ka ng isa sa mga mahusay para magbasa nito, pagkatapos talakayin mo sa kanila ang mga bokabularyo nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para mahango ang iginagabay nito.

Makipagtalakayan ka hinggil sa pagsagot sa aktibidad sa mga estudyante upang maghantong ka sa kanila sa tumpak na pagsagot, sa kundisyon na magtala nito ang bawat isa sa kanila sa aklat niya.

Ang Anyo ng Pagkahiya

Ang pagkahiya ng babae sa paglalakad niya at lahat ng mga kalagayan niya.

Ang pagtatakip ng kahubaran kahit pa man ang tao ay mag-isa.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghahambing sa Pagitan ng Pagkahiyang Pinapupurihan at Pagkahiyang Pinapupulaan.

Numero ng Layon: 2, 4

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap sa aktibidad. Subaybayan mo ang mga grupo para magpakatiyak sa paglahok ng mga kaanib ng bawat grupo sa aktibidad. Pagkatapos mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng isinagawa ng grupo niya, kasama ng paghahambing sa pagitan nila, pagtatakda sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot at kakayahan sa paghahambing sa pagitan ng pagkahiyang pinapupurihan at pagkahiyang pinapupulaan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng mga pahayag na napaloloob sa dalawang ito. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para sa pagsagot sa dalawang ito. Sa kaso ng pagkakamali ng isa sa kanila, mamimili siya ng iba upang itumpak nito ang kamalian.

PANUTO 1: - - -

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikatlong tanong. Tipunin mo ang mga sagot ng mga grupo at tasahin mo ang mga ito, habang itinatakda ang kamalian na nasa bawat grupo para maglahad nito sa mga estudyante, kasama ng paglilinaw sa pamamaraan ng pagtatama rito, bukod pa sa pagtatakda sa pinakamainam na grupo sa pagsagot at pagbibigay sa kanila ng pagsuportang nababagay sa mga kaanib nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin na pamamaraan ng pagsasakatotohanan ng Muslim sa pagkahiya kay Allāh at pagatangka sa pag-employo niyon at pagpapatupad niyon sa buhay nila. Ang bawat isa ay alinsunod sa mga kakayahan niya at tinatamasa niya na mga kahusayan.

Ang Pagpapaalam sa mga Pamilya Niya ng Kainaman ng Pagkahiya at mga Uri Nito.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Katangian ng Katarungan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang katarungan - ang kawalang-katarungan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Mental Map - Ang Pakikipagdayologo at ang Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang pagkaramdam ng Kahalagahan ng Katarungan, Lalo na sa mga Pakikitungo.

- Ang Pagsisigasi sa Pagtataglay ng Kaasalan ng Katarungan,

- Ang Pag-iwas sa Kawalang-katarungan at mga Tagalabag ng Katarungan.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad sa mga estudyante ng sumusunod na senaryo: Sa sandali ng pagdaan mo

sa kalye, nakita mo ang isa sa mga kamag-anak mo na namemerhuwisyong isang lalaking estranghero mula sa labas ng bayan. Kaya ano ang gagawin mo? Kakampi ka ba sa kamag-anak mo o pipigilan mo siya sa gawain niya? Tatanggapin mo mula sa kanila ang pagsagot, magkokomentaryo ka rito, at maghahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin. Pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara: Ang Katangian ng Katarungan.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng brainstorming, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante para magpaliwanag ng konsepto ng katarungan at mga anyo nito, at malugod siyang sasalubong sa mga pagsagot nito, pagkatapos maglalahad siya sa kanila ng isang mental map na naglalaman ng konsepto at mga anyo upang magbulay-bulay sila sa mga ito at maghambing sila sa pagitan ng mga pagtugon nila at mga sangkap na inilahad.

Hakbang 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagbuklat ng nilalaman ng aralin at pag-alam sa mga sangkap nito.

Magtatalaga siya sa bawat dalawa mula sa kanila sa pagtutulungan sa pagbibigay ng mga

tanong na nauugnay sa mga sangkap ng aralin at mga ideya nito, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito maglililaw ang nasa kanila na mga kalabuan. Pakaalamin mo ang mga tanong ng bawat pangkat at isulat mo ang mga ito sa pisara.

Hakbang 3

Iwawasto ng tagapagturo ang pagkakabalangkas ng mga tanong ng mga estudyante at pagyayamanin niya ang mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan mula sa panig niya upang maggarantiya siya sa paglalaman ng mga ito ng lahat ng mga sangkap ng aralin.

Magtatalakay siya ng mga ito sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pakikipagtalakayan at magsisingit siya niyon bilang paglalahad ng mga tekstong pangkapahayagang nagpapatunay sa mga ito. Baka magiging kabilang sa mga tanong na ito ang sumusunod:

PANUTO: Papaanong naisasakatuparan ang katarungan?

PANUTO: Ano ang kahatulan sa diskriminasyon sa pagitan ng mga tao dahil sa lahi at kulay?

PANUTO: Banggitin mo ang ilan sa mga kaparaanan ng pagsasakatotohanan ng katarungan.

Hakbang 4

Sa pamamagitan ng istilo ng mga pakikipagtalakayang panggrupo, magpanuto ka sa mga estudyante sa paglalahad ng pinakamahalaga sa mga kainaman ng katarungan at talakayin mo ang ilalahad nila sa pamamagitan ng pagkokomentaryo at pagpapaliwanag.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsulat ng isang parapo na naglalaman ng pinakamahalaga sa mga paggabay at mga pagpapanuto na napag-alaman nila mula sa aralin.

Mamimili siya ng ilan sa kanila para magbasa sa mga kaklase nila ng isinulat nila, kasama ng pagkakaloob ng pagkatig na nababagay sa kanila.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga

Estudyante sa Pamamaraan ng Katarungan at Pag-iwas sa Kawalang-katarungan.

Numero ng Layon: 1, 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang banal na ḥadīth na nasasaad sa aktibidad. Mamili ka ng isa sa mga mahusay para magbasa nito, pagkatapos talakayin mo sa kanila ang mga bokabularyo nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para mahango ang iginagabay nito.

Talakayin mo ang mga tanong ng aktibidad at makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pagsagot sa mga ito para mapag-alam sa kanila ng tumpak na sagot, sa kundisyon na magtala nito ang bawat isa sa kanila sa aklat niya.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga Anyo ng Katarungan at Paghango ng Katuturan Mula sa mga Ito.

Numero ng Layon: 2

Ilalahad ng tagapagturo ang ḥadīth ng aktibidad sa isang poster. Mamimili siya ng sinumang magbabasa nito mula sa mga estudyante sa isang tumpak na pagbasa. Pagkatapos magbabaha-bahagi siya ng mga estudyante sa mga grupo at magpapanuto siya sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagsagot sa

aktibidad. Pakaaalamín niya ang mga pagsagot ng mga grupo, habang ibinibigay ang pagsuportang nababagay sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagsulat ng Liham sa Sinumang Lumalabag sa Katarungan sa Ibang Tao. Numero ng Layon: 4, 5

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsulat ng isang pinaigsing liham na humihimok siya rito sa sarili niya sa hindi paggawa ng kawalang-katarungan at pagsisisi at pagbabalik-loob mula rito. Daraan ang tagapagturo sa mga estudyante upang malaman ang pinakamainam sa mga pagsulat sa pagkakabalangkas, sa istilo, sa ideya, at sa pag-epekto. Mamimili siya ng pinakamainam sa mga ito. Hihilingin niya sa lahat ng mga estudyante na magsulat ng mga ito sa mga pahina nila sa mga website ng social media, kasama ng pag-uugnay ng mga ito sa mga nagmamay-ari ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Para sa pagsagot sa unang tanong, magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo, pagkatapos makipagtalakayan ka sa

kanila hinggil sa mga pagsagot, kung saan magbibigay ang bawat estudyante sa sarili niya ng iisang grado para sa tumpak na pagsagot. Pakaalamin mo ang mga grado ng mga estudyante, habang naghahambing sa pagitan nila.

PANUTO 1: (Ang Katarungan - Ang Kawalang-katarungan - Ang Pangamba kay Allāh - Pipigil Ako sa Kanya).

Magtutulungan ang bawat tatlo sa mga estudyante para sa pagsagot sa ikalawang tanong. Magdaraan ang tagapagturo sa kanila upang mag-alam sa mga pagsagot nila at mamimili ng pinakamainam na grupo sa pagsagot upang basahin nito sa mga kaklase nito ang tumpak na sagot upang magtama ang bawat sa pangkat sa kinasadlakan nito na kamalian.

Ibigay mo sa mga estudyante ang ikatlong tanong. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para sa pagsagot dito. Sa kaso ng pagkakamali nila at kawalan ng kakayahan nila sa pagsagot, magpanuto ka sa kanila sa paghango nito sa pamamagitan ng mga sarili nila mula sa nilalaman ng aralin.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang paglathala ng nasaad sa aralin ay bahagi ng kahalagahan ng pagpapanatili ng katarungan at pagwaksi ng kawalang-katarungan, lalo na sa nauugnay sa: "mga website ng social media at mga website ng internet at papel ng mga masjid at mga tagapag-anyaya roon" yayamang magtutulungan ang mga estudyante sa pagbibigay ng mga opinyon at mga ideya at sa pagsulat ng mga pananalitang pangabay sa mga website ng social media at internet upang magpaalam sa mga individuwal ng pamamaraan ng katarungan, kaparusahan sa kawalang-katarungan, at mga kaparaanan sa pagpuksa nito.

Ang Larangan ng Pag-aanyaya

Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Pagpapayo

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Pagpapayo - Ang Pangako ng Katapatan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Paglutas sa mga Suliranin - Ang Semantic Map).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagbibigay-halaga sa Epekto ng Pagpapayo sa Lipunan.

- Ang Pagkaramdam ng Pagkakailangan ng Pagpapayo at Kahalagahan Nito.

- Ang Pagtulad sa mga Propeta at mga Maayos na Tao sa Pagsisigasig sa Pagpapayo.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpaalaala ka sa mga estudyante ng ḥadīth ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Relihiyon ay ang pagpapayo" kasama ng pagpokus sa pagpapayo ng Muslim sa kapatid niya at ng pagiging ito ay isa sa mga karapatan ng Muslim sa kapatid niyang Muslim at ito ay patunay ng pag-ibig niya rito at pagmimithi ng kabutihan para rito. Ito ay may isang dakilang katayuan sa Relihiyong Islām at may isang malaking epekto sa pagpapalaganap ng pag-ibig sa lipunan at pagtanim ng espiritu ng pagtutulungan sa pagitan ng mga kaanib nito. Dahil doon, naglaan tayo ng araling para sa kahalagahan ng pagpapayo at katayuan nito sa Islām, pagkatapos isusulat mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante mo na magbukas ng aklat-aralin at magbasa ng aralin sa isang tahimik na pagbasa, pagkatapos maglahad ng alinman sa mga pagsisiyasat sa kanila sa aralin, at makipagtalakayan sa kanila sa mga ito hanggang lumiwanag sa kanila ang lahat ng mga sangkap ng aralin.

Hakbang 2

Gagamit ka ng estratehiya ng paglutas ng mga suliranin at maglalahad ka sa mga estudyante ng isang senaryong nagtataglay ng isang suliranin. Magguniguni ka na ikaw ay papunta sa masjid para magsagawa ng salah saka natagpuan mo ang kasamahan mo na nagpapatuloy sa ginagawa niya. Nang hiniling mo sa kanya na pumunta kasama mo sa salah, nagsabi siya: "Pupunta ako matapos ng ginagawa ko." Kaya ano ang gagawin mo?

Tumanggap ka ng mga pagsagot ng mga estudyante at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa pinakamainam sa mga pamamaraan sa pakikitungo sa kasamahang ito.

Hakbang 3

Maglahad ka sa kanila ng isang semantic map na naglalaman ng mga sangkap ng aralin,

pagkatapos linawin mo ang mga ito at bigyang-linaw mo ang mga tekstong nauugnay sa mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na magbuod ng aralin at maglinaw sa pinakamahalaga sa nahinuha mula rito.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Paglilinaw ng Pamamaraan ng Pagpapayo Alang-alang kay Allāh, Alang-alang sa Aklat Niya, Alang-alang sa Sugo Niya (Basbasan Niya Ito at Pangalagaan), Alang-alang sa mga Pinuno ng mga Muslim, at Alang-alang sa Madla Nila.

Numero ng Layon: 1, 3

Mamili ka ng lima mula sa mga estudyante at magbigay ka sa bawat isa sa kanila ng isang kard na tinalaan ng isang pagpapayo kabilang sa mga pagpapayong nasasaad sa aktibidad. Babasahin ng unang mag-aaral sa mga kaklase niya ang unang pagpapayo na nasa kanya. Pagkatapos mamimili ang isa sa kanila ng isa sa mga kaklase niya upang sumagot ito sa unang pamamaraan at maghayag naman siya ng opinyon niya sa pagsagot nito.

Mamimili ang ikalawa ng isang kaklase niya upang sumagot sa ikalawang pamamaraan. Ganito nga. Magtatasa ang tagapagturo sa lahat.

Ang Pagpapayo Alang-alang kay Allāh: pananampalataya kay Allāh, pagkakaila ng katambal para sa Kanya, at pagpapawagas ng gawain alang-alang sa Kanya.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Aklat ni Allāh: Sa pamamagitan ng pananampalataya na ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh, paggawa ayon dito, pagkatuto nito, at pagtuturo nito.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Sugo (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan): Sa pamamagitan ng pananampalataya sa inihatid ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan), pag-ibig sa kanya, paggawa ayon sa Sunnah niya, at pagpapalaganap nito sa gitna ng mga tao.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa mga Pinuno ng mga Muslim: Sa pakikipagtulungan sa kanila sa katotohanan, pagtalima sa kanila rito, at pag-uutos nila ayon dito.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Madla ng mga Muslim. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa kanila, pagganap ng mga karapatan nila, at pagpayo sa kanila.

Numero ng Aktibidad 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga

Estudyante sa Pag-uugnay, Pag-aanalisa, at Paghuhulo.

Numero ng Layon: 2, 4

Ilahad mo ang ikalawang aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng mga pakikipagtalakayan, magbigay ka sa kanila ng dalawang tanong ng aktibidad nang magkakasunud-sunod, kung saan sasagot sila sa dalawang ito, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang ilagay ang tumpak na sagot sa aklat niya.

1. Nagsikap si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) para sa kaligtasan ng anak niya kaya nagpayo siya rito na iwaksi ang kawalang-pananampalataya at sumakay sa daong. Kung sakaling tumugon ang anak, talaga sanang naligtas ito sa kasawian; subalit ito ay sumalungat sa ama nito at hindi tumanggap ng payo niya kaya nalunod ito at nasawi ito kasama ng mga tagatangging sumampalataya.

2. Ang pagbibigay ng payo sa mga tao at ang pagsisigasi sa kaligtasan nila - Ang pagtanggap ng payo at ang hindi pagpapabaya rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magtalaga ka sa mga estudyante mo sa pagsagot sa mga sumusunod na tanong sa aklat na pampaaralan.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para sa pagsagot sa mga ito nang pasalita, pagkatapos suportahan mo ang mga tumpak na pagsagot.

Magpapanuto ka sa nagkakamali para sa paghango ng tumpak na sagot mula sa nilalaman ng aralin sa pamamagitan ng pag-alalay ng isa mga estudyanteng mahusay.

PANUTO 1: $(\sqrt{}) - (X) - (X) - (X) - (\sqrt{})$

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Magtalaga ka ng bawat estudyante sa pagsasaliksik sa mga reperensiya ng magkaibang kaalaman tungkol sa kahalagahan ng pagpapayo kaugnay sa mga nauukol sa Relihiyon at katayuan nito, at sa paglalahad nito sa iyo sa darating na pagkikita. Mamimili ka ng pinakamainam na isinulat at maglalahad ka nito sa nalalabi sa mga estudyante.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagpapakawagas - ang kabaitan - ang fiqh (pag-unawa) - ang pagmamalaki).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

Ang Pagkaramdam ng Pagkakailangan ng mga Etiketa ng Pagpapayo.

Ang Pagsunod sa mga Etiketa ng Pagpapayo.

Ang Pagsisigasi sa Pagpapanuto sa Lipunan at Pagsasaayos Nito.

Ang Pagtataglay ng Pagpapakawagas at Pagtitiis sa Pagbibigay ng Payo.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Tumingin sina `Uthmān at `Abdullāh sa katrabaho nilang dalawa na si Sa`id sa pagawaan habang ito ay abala sa cellphone nito sa halip ng trabaho nito. Tumawag si `Uthmān sa isang mataas na tinig nang sa gayon magtuon ng pansin si Sa`id sa trabaho nito, samantalang pumunta naman si `Abdullāh kay Sa`id nang mahinahon at nagpayo rito sa isang kaaya-ayang istilo na iwan nito ang telepono at kumpletuhin ang trabaho niya.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa ginawa ng bawat isa kina `Uthmān at `Abdullāh at hinggil sa paglilinaw sa kahaluturan ng ginawa ng bawat isa sa kanilang dalawa at kahalagahan ng etiketa ng pagpapayo sa pagtanggap nito. Pagkatapos magkomentaryo ka sa pagsagot nila at opinyon nila sa ginawa sa dalawang senaryo. Magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Sa pamamagitan ng brainstorming, magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagpapaliwanag ng ilan sa mga etiketa ng tagapagpayo, pagkatapos magtatala sa isang papel ang bawat grupo ng nahantong nito.

Pagkatapos makikipagtalakayan ka sa nahantong nila, habang nililina sa kanila ang mga tumpak na impormasyon.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagkatutong kooperatibo, magsasaliksik ang bawat grupo ng mga etiketa ng pinapayuhan.

Mamimili ang bawat grupo ng isa rito para maglahad ng nahantong nito at pagtatasa nito.

Hakbang 3

Gagamitin mo sa hakbang na ito ang pamamaraang pampaghuhulo at ilalahad mo sa mga estudyante mo ang sumusunod na sinasabi:

Nagsabi si Al-Fuḍayl bin `Iyād (kaawaan siya ni Allāh): **"Ang mananampalataya ay nagtatakip at nagpapayo. Ang masamang-loob ay nagbubunyag at nanlalait."**

Hihilingin mo sa kanila na magbasa nito at magtangka ng paghuhulo ng ipinahihiwatig nito at makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil dito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na magbuod ng aralin sa isang anyo ng mga ideya at mga sangkap.

Maghuhulo ka mula sa mga bibig nila ng naisagawang mahinuha mula sa aralin. Isasagawa ang pagtatala niyon sa pisara.

Mamimili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito bilang pagbubuod sa mga kaklase niya.

Ang mga Aktibidad

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga Etiketa ng Pagpapayo.

Numero ng Layon: 1, 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng unang aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod at pakaaalaman niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

Ang Kabaitan at ang Kabanayaran

Ang Pag-aanyaya Tungo sa Kabutihan at ang Pakikiramay sa Pinapayuhan

Ang Pagpapakawagas

Ang Pagtatakip at ang Kalihiman

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pakikinig at Pagbubuod.

Numero ng Layon: 4, 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa panonood at pagbubulay-bulay sa video clip at paglilinaw ng nahinuha mula rito. Magpapalitan ang mga estudyante ng nahantong nila sa isa't isa sa kanila. Pagkatapos hilingin mo sa kanila na magkumpleto ng aktibidad sa bahay upang bumalik ang bawat isa sa kanila sa pamilya niya upang mag-alalay ito sa kanya sa pagsulat ng nahinuha mula sa clip at maglahad nito sa tagapagturo matapos niyon para sa pagtatasa nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Hilingin mo sa mga estudyante na magbasa ng mga sumusunod na tanong nang maigi mula sa mga aklat nila. Magpanuto ka sa kanila na ang

pagsagot sa mga ito ay sa mga kard na nakahiwalay.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa nilang dalawa, pagkatapos titipunin ang mga kard.

Mamimili ka ng ilan sa mga ito sa isang paraang pasapalaran para sa pagtatasa nilang dalawa sa harapan ng mga estudyante para sa pagtatasa nila sa mga tumpak na pagsagot at mga maling pagsagot.

Babanggitin mo ang pangalan ng estudyante na tagapagmay-ari ng kard at ang sinumang nagsagawa ng pagtutumpak dito.

PANUTO 1: (Ang Layon ng Pagpapayo) - (Ang Pagkalihim sa Pagpapayo) - (Ang Pagpapakamalaki sa Pagpapayo).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magsisiyasat ang bawat estudyante sa reyalidad ng mga pakikitungo niya sa mga individuwal na malapit sa kanya upang magliwanag ang saklaw ng pagpapatupad nila sa mga etiketa ng tagapagpayo at mga etiketa ng

pinapayuhan. Sa kaso ng pagkapansin niya ng ilan sa mga negatibidad, ibibigay niya sa kanila ang payong nababagay sa bawat isa sa kanila kasama ng pagpapatupad ng mga etiketa ng pagpapayo.

Ang paglalathala ng mga etiketang nasasaad sa aralin sa mga pahina ng social media.

Ang Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si Allāh:

(فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ
۝ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُمْ وَمَثْوَاكُمْ)

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.}

(Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawḍah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika. Sa paghahangad ng pag-angat ng

proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang BASAER para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga impormasyong ipinapasok ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap

tayo ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad at ng mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na walang propeta matapos niya, si Muḥammad bin `Abdillāh, sa mag-anak niya at Kasamahan niya na mga kaaya-ayang mga dalisay, at sa sinumang sumunod sa kanila ayon sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas. Kapatid kong tagapagturo, tunay na ang tungkulin ng pagtuturo ay kabilang sa pinakamarangal sa mga tungkulin sapagkat ito ay kabilang sa mga tungkulin ng mga propeta at mga tagapagsaayos. Ito ay may malaking papel sa pagangat sa lipunan at Kalipunang Islām.

Bilang pagbibigay-halaga sa malaking papel mo, naghahandog kami ng gabay na ito, na aalalay sa iyo sa pagganap sa gawain mo upang ang propesyon ng

pagtuturo ay maging higit sa pagbibigay-kasiyahan at higit na namumukod sa pagkaproduktibo yayamang naglalaman ang gabay na ito ng isang pagpapalano sa mga aralin na nababagay sa

mga nibel ng mga estudyante at kapaligiran nila at nag-uugnay sa mga layon at mga pakay ng aklat ng estudyante at mga paraan ng pagtuturo at pagtatasa.

Ang mga Nilalaman ng Aralin sa Gabay ng Tagapagturo

Naglaman nga ang mga pahina ng gabay na ito ng isang grupo ng mga sangkap sa bawat aralin, na kumakatawan sa pinakatampok sa mga aspeto ng saloobing pampagtuturo. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga elementong ito ang sumusunod:

A. Kuwadrado ng Datos

Nilalaman nito ang panahong iminumungkahi para sa aralin, ang mga bagong salitang ninanais matutuhan, ang mga materyal na pampagtuturo na ginagamit, at ang mga minamahalaga (value) at mga tunguhin (orientation) na pinoproseso ng aralin, at ang mga iminumungkahing estratehiya ng pagtuturo.

B. Ang mga Hakbang ng Pag-usad sa Aralin

Naglalaman ang mga sumusunod na hakbang ng:

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin: 1 Sa pamamagitan ng paglalayon ng pag-akit sa pansin ng estudyante sa aralin, at sa pamamagitan ng isang bilang ng istilo na kabilang sa mga ito ay mga maikling tanong na naaangkop upang maging isang pambungad ng aralin, o isang makatotohanang kuwentong nauugnay sa aralin, o pag-uugnay ng aralin ngayon araw sa nagdaang aralin, o paggamit ng kaparaanang pampagtuturo.

Ang Paghuhulo (Deduction): 2 Tinutukoy natin dito ang natatamo ng individuwal na mag-aaral na mga kaalaman, mga pagkaintindi, mga katotohanan, at mga patakarán matapos ng pag-aaral niya ng paksa. Naglalaman nga ang patunay ng mga inaasahan ng mga paghuhulo ng mga mag-aaral. Nararapat sa tapagturo na magbigay-diin sa mga ito at magtagubilin sa mga mag-aaral ng pagsusulat ng mga ito sa mga kuwaderno nila.

Ang mga Aktibidad: 3 Tumutukoy tayo niyon dito sa pagsasanay sa individuwal na mag-aaral sa pagpapatupad ng naisagawang matutuhan at mahulo mula sa paksa na napag-aralan sa mga bagong senaryo sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng mga aktibidad na pinapakay sa likod ng mga ito ang pagpuno sa maaaring nagiging kabilang sa mga kakulangan ng nilalaman ng aralin. Nararapat sa tagapagturo na humimok

sa mga estudyante niya sa pagsasakatuparan ng mga aktibidad na ito sa ilalim ng pangangasiwa niya. Mapapansin na ang bawat aktibidad kabilang sa mga aktibidad na ito ay nauugnay sa isang nakatakdang layon at sumasali sa pagsasakatotohan nito. Nanawagan din kami sa mga tagapagturo na magpahalaga sa pagsasanay sa mga estudyante nila sa pamamaraan ng pagpapatupad at pagganap sa mga kaalaman na natutuhan nila mula sa mga aralin at sa pagganap sa mga ito nang praktikal.

Ang Pagtatasa (Assessment): 4 Naglalayon ito ng pagsukat sa saklaw ng naisakatotohanan sa mga layon ng aralin at hindi naisakatotohanan. Batay roon, mapapansin ang saklaw ng pagkakaugnay ng bawat isa sa mga tanong ng aralin sa isa sa mga layon nito. Naglaman nga ang gabay na ito ng ilan sa mga sagot sa mga tanong ng mga aralin bilang pagpupunyagi sa panig namin sa pagpapayaman sa edukasyon ng tagapagturo.

Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon: 5 Iyon ay para sa pagpapatupad sa pinakamahalaga sa natutuhan ng estudyante sa aralin at pagsasagawa nito sa pamilya niya at sa gitna ng mga kaibigan niya at lipunan niya.

Ang mga Pundasyon na Pang-edukasyon na Pinagbasehan ng Gabay na Ito

A. Ang mga Layon ng Metodo

Naisagawa ng pagbabalangkas ng mga layong pampamamalakad ng bawat aralin. Naisaalangalang na sa pagbabalangkas ng mga layong ito:

- na ang mga ito ay maging isang aktuwal na salin ng mga kakayahan ng dokumento.

- na ang mga ito ay maging sarisari sa pagitan ng pampagkakaalam (cognitive), pang-emosyon, at pangkasanayan.

- na ang mga ito ay maging makatotohanan at nakakakaya sa pagsasakatotohanan at nababagay sa nibel ng mga estudyante.

- ang pag-uunti-unti sa mga nibel ng mga layong pampagkakaalam (cognitive): pagsasaalaala - pag-intindi - pagpapatupad - pag-aanalisa - pagbuo - pagtatasa.)

- pagpapatupad ng mga kundisyon ng pagbabalangkas ng mahusay na layon, kung saan naglalaman ito ng gawaing pampag-uugali na maaaring masukat at mapansin.

Ang pagpokus ng layon sa paglalarawan sa pag-uugali ng mag-aaral at magtakda rito ng terminolohiya ng kadalubhasaan.

B. Ang Pagbuo ng Nilalaman at ang Pag-organisa Nito

Naisagawa ang pagbuo ng nilalaman ng kurikulum na ito alinsunod sa mga inilagay na

layon ng aralin, ang pagsasalin nito para sa mga layong iyon sa isang aktuwal na salin, ang pag-aangkop nito sa mga kakayahang napaloloob sa dokumento, ang pag-aangkop nito sa nibel ng mga estudyante, ang pag-uunti-unti sa paglalahad ng nilalaman mula sa simple hanggang sa pinakamalalim, at ang pagpokus sa katapatan ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpapakatiyak sa katumpakan ng mga impormasyong inihahain dito, pagpapasaksi para rito sa mga āyah ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta sa paglalahad sa nilalaman, at pagbibigay-linaw sa mga mahirap na bokabularyo sa mga teksto ng Qur'ān at mga ḥadīth ng Propeta na napaloloob sa nilalalaman, bilang pagpapadali para sa mga estudyante. Naisagawa rin ang pagsasaalang-alang sa pagsasadokumento sa mga āyah ng Qur'ān at pagsasakatunayan sa mga ḥadīth ng Propeta.

C. Ang Proseso ng mga Aktibidad na Pampagtuturo

Talaga ngang isinaalang-alang sa mga aktibidad na pampagtuturo ang isang bilang ng mga pamantayang kabilang sa mga ito:

- Ang pagsasaalang-alang sa ugnayan ng mga aktibidad sa mga layon ng aralin at pakikilahok ng mga ito sa pagsasakatotohanan sa mga layong iyon.

- Ang pagsasaalang-alang sa kalikasan ng estudyante sa pamamagitan ng pagsasakatuparan niya sa mga aktibidad sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo niya at ng pakikipagtulungan niya kasama ng mga kaklase niya sa pagganap ng mga iba pang aktibidad.

Ang pagkasarisari sa mga aktibidad na pampagtuturo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga aktibidad na naririnig; mga aktibidad na nakasalig sa pag-uulit-ulit at paggaya sa tagapagturo; mga aktibidad na nauugnay sa pagtipon ng mga bagay na tagatulong tungkol sa paksang anuman; mga aktibidad na nauugnay sa pagbibigay-linaw, pagbubuod, pag-aakda, at muling pagbalangkas; mga aktibidad na nauugnay sa pagsasaulo at pakikinig; mga aktibidad ng pagsusunod-sunod; at mga aktibidad na pampagtutuos.

D. Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo, na Naglalaman ng Sumusunod:

- Ang aklat na pampaaralan at ang nilalaman nito na mga larawan at mga ehemplo.

- Ang mga malaking poster ng paglalahad na isinasabit sa silid-aralan.

- Mga kard (card) ng mga aktibidad ng mga grupo.

- Recorder.

E. Ang Pagkasarisari ng mga Istilo ng Pagtatasa

Talagang isinaalang-alang nga sa pagbalangkas ng mga tanong ng mga aralin ng nilalaman ang pag-uugnay ng mga ito sa mga layon ng aralin. Ang pagsasarisari sa pagbalangkas ng mga tanong na susukat sa aspetong pampagkakaalam (cognitive) sa pagitan ng mga tanong ng tama at mali, pag-uugnay ng magkapares, pagpili mula sa marami, pagkumpleto, at pagsusunod-sunod. Naisagawa rin ang pagsalig sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at pangkasanayan sa pamamagitan ng pagtatangka ng paglipat ng mga pagkakaalam sa mga pag-uugaling susundin ng estudyante. Ninanais naming tukuyin na kabilang sa pinakamainam sa mga kaparaanan para sa pagsukat ng aspetong pang-emosyon at aspetong pangkasanayan ang istilo ng pagbibigay-pansin at pagsubaybay sa silid-aralan mula sa panig ng mga tagapagturo at sa tahanan mula sa panig ng mga magulang.

F. Ang Estratehiya ng Pagtuturo

Heto, mahal kong tagapagturo, ang ilan sa mga paraan ng pagtuturo na ginamit sa gabay na ito upang ikaw ay maging nasa isang kamalayan sa mga ito, at sa mga hakbangin ng mga ito at mga hakbang ng pagpapatupad sa mga ito.

1. Ang Pagkatutong Kooperatiba:

Ito ay isang paraan ng pagtuturo na nakasalalay ang ideya nito sa pagkatuto sa loob ng mga maliit na grupo ng estudyante (2-6 estudyante) sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga estudyante sa paggawa nang magkasama at aktibo, pag-alalay ng isa't isa sa kanila para sa pag-angat ng nibel ng bawat individuwal sa kanila at pagsasakatotohanan sa layong pampagtuturong komun. Naisasagawa ang paghahati ng gawain sa loob ng grupo kasabay ng pagtatakda sa isang pinuno ng bawat grupo. Ang pinuno ay susubaybay sa pagganap ng mga individuwal ng grupo niya, magtitipon ng mga pagtugon nila, at maglalahad nito sa tagapagturo.

2. Ang Brainstorming

Ito ay isang paraang nakasalalay sa pagganyak sa pag-iisip-isip at pagkamalikhain. Ginagamit ang brainstorming bilang isang istilo ng pag-iisip-isip na panggrupo o pang-individuwal sa paglutas sa marami sa mga suliraning praktikal at pambuhay na nagkakaiba-iba, sa layuning madagdagan ang mga kakayahan at ang mga gawaing pang-isip.

Humihiling iyon ng: paglalahad ng higit na malaking kantidad ng mga mungkahi o mga lunas o mga impormasyon, at pagsusuri sa mga ito alang-alang sa paghantong sa kalutasan o opinyong tumpak.

3. Ang Paglutas sa mga Suliranin:

Ito ay isang paraan na gumagamit dito ang tagapagturo ng mga pagkakaalam niya at mga kasanayan niya sa pananaig sa isang sitwasyon sa isang bagong anyo at hindi pamilyar sa kanya sa pagkontrol dito at pag-abot sa isang kalutasan para rito.

Naisasahalimbawa ang mga hakbang nito sa pagkaramdam sa suliranin: sa pagtatakda rito at pagtipon ng datos na nauugnay rito, saka pagmumungkahi ng mga kalutasan at pag-aaral sa mga ito para sa pagpili sa pinakamainam sa mga ito.

4. Ang mga Mapang Semantika (Semantic Map):

Itinataguri sa mga ito ang mga mapang pampagkakaalam (cognitive), mga mapang pang-isip, mga mapa ng mga konsepto, at mga mapa ng mga impormasyon. Nakasalalay ang mga ito sa pag-aanalisa ng paksa hanggang sa mga katiting nito at pagpapahayag nito sa pamamagitan ng mga dibuho at mga eskema na nag-aanyong mga hugis na heometrikong magkakaiba-iba, tulad ng mga talahanayan, mga bilog o piramide. Iyon ay sa layong magpadali sa pag-aaral ng mga , mag-ugnay sa pagitan ng mga ito, at magsaalaala sa mga ito.

5. Ang Estratehiya ng Simetriya

Gumagana ang estratehiyang ito sa pagpapasigla sa mga kakayahang pang-isip at

pagpapagana ng isip para sa pagpapaliwanag sa mga ugnayan sa pagitan ng mga sangkap at mga bagay at pagtatakda sa mga anyo ng pagkakawangisan at mga anyo ng pagkakaibahan. Ang tulad ng pag-iisip na ito ay humihiling ng isang mataas na pagkamalikhain (high creativity) dahil ang sagot palagi ay humihiling ng isang bagong pagtanaw sa pagitan ng mga sangkap.

6. Ang Paraan ng Pagkukuwento

Namumukod ang istilong pampagkukuwento sa pagpukaw nito, pagkakaakit-akit nito, at pag-epekto nito sa mga estudyante. Ang kuwento ay nagpapalago ng imahinasyon, pumupukaw sa mga damdamin, nag-aanyaya sa pag-uugnay ng mga premisa sa mga konklusyon; at gumagawa para sa pagsasalin ng konseptong basal (abstract) tungo sa isang reyalidad na nadarama (tangible). Ang pagkukuwento ay sumasalig sa pag-uugnayan sa pagitan ng mga pangyayari kasama ng pagpukaw sa estudyante upang makipag-interaksiyon dito at mag-ugnay rito sa pagsasagawa niya ng pag-aaral niya. Kinakailangan ang pagsasaalang-alang sa wika at istilo na ipanlalalahad sa kuwento at kaangkupan nito para sa mga estudyante.

7. Ang Paraan ng mga Pagpapatupad na Pambuhay

Naglalayon ang istilong ito ng pagtatangka ng pag-uugnay ng mga impormasyon sa mga

kaganapan at mga suliraning pambuhay. Iyon ay upang umalalay ito sa estudyante sa pagbabasa ng mga aralin ng nilalaman (content) nang may pagpapahalaga dahil siya ay makatatagpo rito ng paglulunas sa ilan sa mga mali at mga negatibo, pagpapatatag sa mga positibong aspeto at pagtitiyak sa mga ito, at pagtatangka ng pag-uugnay niyon sa inihatid ng Islām na mga patakarang legal at mga panuntunang etikal para makaramdam ang estudyante na ang Islām ay nagreregula sa buhay niya.

8. Ang Estratehiyang Mag-isip – Makipares – Makilahok:

Ibinibilang ang Estratehiyang – Mag-isip – Makipares – Makilahok na isang estratehiya ng pakikipagtalakayang kooperatiba na binubuo ng tatlong yugto. Ang una: Hahayaan dito ng tagapagturo ang pagkakataon para sa estudyante sa sarili niya sa pag-iisip-isip sa pagsagot sa tanong o pagganap sa aktibidad, pagkatapos magsasagawa siya ng pagtatalakay sa pagsagot niya sa isa sa mga kaklase niya. Iyon ay sa ikalawang yugto. Hinggil naman sa ikatlo at huling yugto, magtutulungan ang mga kaanib ng grupo sa pagpapalitan ng mga opinyon nila hinggil sa naabot ng mga pagsagot at sa pakikipagtalakayan hinggil sa mga ito para makabatid sa iisang komun na sagot na nagpapahayag sa opinyon ng grupo.

Ang estratehiyang iyon ay may malaking kahalagahan sa operasyon ng pagkatuto yayamang tunay na ito ay umaalalay sa mga estudyante sa pagproseso nang aktibo sa mga impormasyon gaya ng pagiging ito ay nagpapaunlad ng mga kasanayan ng pakikipag-uugnayan sa kanila at nagpapataas sa mga pag-iisip nila.

9. Ang mga Advance Organizer

Nakikilala ang mga advance organizer sa pagiging ang mga ito ay pagkakaloob sa mga mag-aaral ng isang panimula o isang materyal na pagpapaumpisang pinaiksi, na ibinibigay sa simula ng senaryong pampagtuturo, hinggil sa estruktura ng paksa at mga impormasyong ninanais prosesohin sa layong magpadali sa pagkatuto ng mga konsepto, mga ideya, at mga usaping nauugnay sa paksa; at pag-uugnay sa pagitan ng nalalaman ng mag-aaral dati pa at ng kinakailangan niyang malaman.

Nahahati ang mga advance organizer sa dalawang pangunahing bahagi: ang mga advance organizer na nakasulat at ang mga advance organizer na hindi nakasulat. Nahahati ang organizer na nakasulat ayon sa gampanin ng mga ito sa dalawang bahagi: ang organizer na tagapagbigay-linaw at ang organizer na tagapaghambing.

Hinggil sa mga hindi nakasulat, hinahati ang mga ito sa mga audio, visual, at audio-visual organizer; at mga graphic organizer na sumasalig sa representasyon ng mga bahagi ng mga natutunghayan sa mga grapikong anyo gaya ng kung ito ay isang talahanayang grapiko at inilalahad sa mga estudyante sa simula ng aralin.

10. Ang Prognosis

Humihiling ang paraang ito sa tagapagturo na maglagay ng mga pagpapalagay (assumption) o magbalangkas ng mga inaasahan (expectation) tungkol sa isasagawang pagtatalakay sa paksa, na siyang nagbibigay ng isang layon sa harap ng mag-aaral at naggagarantiya ng pagpokus sa sandali ng pag-aalam sa nilalaman, para magtangka ng pagtitiyak o pagpapabula sa mga inaasahang ito, gaya ng pagbibigay nito ng mga pagkakataon sa harap ng mag-aaral para mag-ugnay ng mga bagong impormasyon sa yaong tinataglay na niya talaga.

Maaari sa tagapagturo na mag-alalay sa mga estudyante niya sa inaasahan nila na tatalakayin paksang pag-aaralan sa pamamagitan ng sumusunod:

pagbabasa ng pamagat ng paksa o pag-alam sa mga layon ng aralin o pagpapatulong sa pamamagitan ng mga tanong.

11. Ang Pansariling Pagtanung-tanong: Ang Produksiyon ng mga Tanong

Naglalayon ang paraang ito ng pagpapaunlad ng pansariling kamalayan. Nagpapadali ito ng interaksyon sa teksto at nagpapadali ito ng proseso ng pag-intindi at paggunita. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong hinggil sa paksa bago, sa sandali, at matapos ng proseso ng pag-aaral. Ito ay nakasalalay sa pagtutuon ng tagapagturo ng isang grupo ng mga tanong para sa sarili niya sa sandali ng interaksyon sa mga hadith na pinag-aaralan, na gagawa rito bilang higit sa pagkaisinasama sa mga impormasyong natutuhan at pagkakaalam na naabot. Inireresulta nito sa kanya ang kamalayan sa mga proseso ng pag-iisip.

12. Estratehiya ng Nakaalam Ako – Nagnanais Ako na Makaalam – Natuto Ako (KWL)

Umaalalay ang estratehiyang ito sa mga estudyante sa inaasahan sa mga impormasyong nasasaklawan ng paksa at pag-uugnay sa mga ito sa naunang pagkakaalam na taglay nila. Maaari rin sa tagapagturo na gumamit ng mga ito sa pagpukaw sa pagpapahalaga ng mga estudyante hinggil sa isang tukoy na paksa at pagsasagawa ng pagtatasa (assessment) sa naabot ng pagkaintindi ng mga estudyante sa paksang iyon at mga kamalian ng mga konsepto sa kanila.

Sumasagisag sa estratehiyang ito ang KWL, na daglat ng mga salitang:

Know (K), Want (W), Learned (L).

Ang unang salita (Know) ay nagpapahayag ng nalalaman ng mag-aaral tungkol sa paksa. Ang ikalawang salita ay nagpapahayag ng ninais malaman tungkol sa paksa. Ang ikatlong salita naman ay nagpapahayag ng natutuhan ng mag-aaral tungkol sa paksa.

13. Ang Estratehiya ng Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw:

Ang estratehiyang ito ay umaalalay sa mag-aaral sa pag-iisip sa mga opinyon niya at mga pinaniniwalaan niya; at nagpapalakas-loob sa kanya pagpapahayag ng punto ng pananaw, mga ideya, mga prinsipyo, mga minamahalaga (value), mga pinaniniwalaan, at mga opinyon na pinaniniwalaan sa mga iba't ibang sitwasyon, na nakaaapekto dahil sa papel ng mga ito sa pagtanaw niya sa mga bagay-bagay at interaksyon niya sa mga pangyayari. Ang estratehiyang ito ay sumasalig sa pag-aanalisa ng estudyante sa punto ng pananaw niya upang magbigay sa kanya ng mga pagkakataon para sa dagdag na pagpapakalalim sa pag-iisip-isip sa mga ito at pagbubulay-bulay sa saklaw ng katumpakan ng mga ito at saklaw ng pagkabagay ng mga ito para sa sitwasyon; o para sa paglutas ng isang

suliranin kabilang sa mga suliranin, pag-aanalisa ng punto ng pananaw na baka maireresulta ng pagkakatig dito at pagtanggap dito kapag ito ay nababagay at tumpak) o pagsusug dito kapag kinailangan) o pagtangi rito kapag ito ay hindi nababagay at hindi tumpak).

Sa pagwawakas, kapatid kong tagapagturo:

Tunay na ang gabay na ito ay isang kaparaanan sa mga kamay mo, na magbibigay ng mga bunga nito kung hinusayan ang paggamit dito at hindi magdudulot ng anuman kung hindi gayon. Hindi kami naglalayon sa likod nito ng paglilimita sa mga kakayahan ninyo o pagpigil sa mga pagkamalikhain ninyo.

Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Qur'ān at Pagtuturo Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ang Marangal na Qur'ān - Ang Mararangal na mga Tagasulat - Nauutal).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Ilan sa mga Āyah ng Qur'ān).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Pakikipagtalakayan at ang Pakikipagdayalogo - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Katayuan ng Marangal na Qur'ān

* Ang Pagsisigasig sa Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at Pagtuturo Nito

* Ang Pagbibigay-halaga sa mga Alagad ng Marangal na Qur'ān.

* Ang Pag-ibig sa Marangal na Qur'ān at ang mga Alagad Nito.

* Ang Pagninilay-nilay sa mga Kahulugan ng Marangal na Qur'ān.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng pagganyak sa mga estudyante sa pagbabasa ng Marangal na Qur'ān. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw sa ḥadīth ng

Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):
"Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ako nagsasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."}

Pagkatapos ang pagpapabatid sa kanila na ang gantimpala ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito ay higit na dakila kaysa sa pagbigkas nito. Magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin, pagkatapos itala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hilingin mo sa mga estudyante na magbasa ng aralin sa isang tahimik na pagbabasa, pagkatapos magtalaga ka ng ilan sa kanila sa pagsulat sa pisara ng mga pangunahing sangkap ng aralin nang sa gayon maisagawa ang pag-uusap tungkol sa bawat isa nang may pagdedetalye.

Hakbang 2

Minamagaling na gamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo at pagbabaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Pagkatapos hihilingin mo sa bawat grupo na magtulungan sa isa't isa sa grupo para magpaliwanag ng kahalagahan ng pagkatuto ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.

Magtatalaga ka sa isa sa mga estudyante mula sa mga kaanib ng grupo sa pagtatala sa pisara ng naisagawang mahantong.

Magkokomentaryo ka sa pagkaganap nila.

Hakbang 3

Gumamit ka ng paraan ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan at makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga sumusunod na pagtatanung-tanong.

Ano ang kainaman ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito sa iba?

Ano ang gantimpala sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Sa pamamagitan ng mga pagsagot nila, magpapaabot ka sa kanila sa mga nahinuhang paghuhulo mula sa aralin, pagkatapos magsusulat ka ng mga ito sa pisara.

1. Kinakailangan sa bawat Muslim na matuto ng pagbigkas ng Sūrah Al-Fātiḥah dahil ang ṣalāh ay hindi matutumpak malibang sa pamamagitan nito.

2. Nararapat sa Muslim na magsigasig sa pagkatuto ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān at magsumikap sa pag-intindi ng mga kahulugan nito.

3. Nangako ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga nagtitipon para matuto ng Marangal na Qur'ān at mag-aralan nito ng mga kainamang kapita-pitagan.

4. Nagkaloob si Allāh sa sinumang nag-aaral ng Marangal na Qur'ān at nagtuturo nito sa mga ibang tao ng isang mataas na antas.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito Panggrupo, Pagpapaliwanag ng mga Kaparaanang Naririyang Para sa Pagkatuto ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante para sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo, kasama ng pagtawag-pansin sa kanila sa pagsangguni sa nilalaman ng aralin, lalo na sa bahaging nauugnay sa mga kaparaanang naririyang para sa pagkatuto ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para

maglahad ng nahantungan nila, kasama ng pagtatasa sa mga ito.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa Pinakamainam sa mga Teknolohiyang Naaangkop sa Pag-aaral ng Qur'an. Numero ng Layon: 4

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

1. Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo para magtulungan sa isa't isa sa kanila sa pagsagot sa mga tanong.

2. Sasagot ang bawat grupo sa isang tanong kabilang sa mga tanong sa isang kard na pampagtuturo.

Magpapalitan ang bawat grupo ng sagot sa ibang grupo para magtasa nito.

4. Ang pagsuporta sa grupong tumama.

PANUTO 1: - - -

PANUTO 2: (Ang Dalawang Nabanggit - Ang Dami ng Pagkabigkas Nito - Ang Pagkabigkas Nito).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagdaos ng mga umpukan (ḥalaqah) para sa pag-aaral ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito.

Ang pagtuturo ng bawat isa sa kanila sa mga kaanib ng pamilya niya ng pamamaraan ng pagbasa ng Marangal na Qur'an, pagkatapos pagpapasaulo sa kanila ng bahagi nito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Hindi kami nagtatangi-tangi - ang kahahantungan - Hindi nag-aatang si Allāh - kaya nito - huwag Kang manisi sa amin - pabigat).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Voice Recording ng mga Āyah ng Qur'ān - Ang Marangal na Muṣḥaf - Mga Larawan ng Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Prognosis - Ang mga Semantic Map - Ang Istilo ng Kuwento - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Istilo ng Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagkaramdam ng Biyaya ng Kagaanan ng Batas ng Islām.

- Ang Pagdakila sa Katayuan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila).

* Ang Pananampalataya sa Lahat ng mga Propeta at mga Isinugo.

- Ang Katiyakan sa Kagaanan ng Batas ng Islām.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng prognosis kaya magtalaga ka sa mga estudyante para asahan ang nilalaman ng dalawang huling āyah mula sa Sūrah Al-Baqarah. Malugod mong salabungin ang mga pagsagot nila, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Pagkatapos magpabatid ka sa kanila na ito ay naglaman ng dalawang bagay. Una: Ang pagsasaksi sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) sa pamamagitan ng mga haligi ng pananampalataya. Ikalawa: Ang paglililaw sa pamamaraan ng pagdalangin kay Allāh, pagkatapos itala mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa mga āyah ng aralin sa pamamagitan ng audio medium. Pagkatapos mamimili siya ng tато sa kanila para bumigkas ng mga ito, kasama ng pagsisigasig sa pagtumpak sa nangyayari sa kanila na mga pagkakamali.

Pagkatapos magsasagawa ng pagbasa ang mga estudyante ng mga āyah sa isang tahimik na pagbabasa, ng pagtatakda ng mga mahirap na

pananalita na kinakaharap nila, ng pagtatangka ng pag-alam sa kahulugan ng mga pananalitang iyon sa pamamagitan ng konteksto ng mga āyāh, at ng pagtatala ng mga ito sa gilid ng pahina.

Hakbang 2

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng isang semantic map na naglalaman ng mga ideya ng mga āyah. Hihilingin mo sa kanila na pagbulay-bulayan ang mga ito, bilang paghahanda sa pagtalakay sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Tatalakayin ng tagapagturo ang mga āyah na natatangi sa pananampalataya sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pagbibigay-linaw at pagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante para maglahad ng mga pagsisiyasat nila at mga pagtatanung-tanong nila tungkol sa iniibig nilang mapag-alaman sa bahaging ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilong pakuwento, ipaliwanag mo sa mga estudyante ang panalangin kay Allāh, na nasasaad sa mga āyah.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa bawat tatlo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan at paghantong sa mahihinuha mula sa mga āyah. Hilingin mo sa

bawat pangkat na magtala sa pisara ng nahantungan nila. Isasagawa ang paghahambing sa pagitan ng mga grupo para itakda ang pinakaeksakto sa mga paghuhulo at isasagawa ang pagtalaga sa kanila sa pagsusulat ng mga ito sa mga kuwaderno nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa Kainaman ng mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah.

Numero ng Layon: 2

Ilahad mo ang ḥadīth na napaloloob sa unang aktibidad sa isang poster. Mamili ka ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Sa gitna ng pakikipagtalakayan, ibigay mo sa kanila ang tanong ng aktibidad, kung saan sasagot sila roon, kasama ng pagpapalakas-loob sa mga estudyanteng hindi nagkukusa sa pakikilahok sa pagsagot. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang ilagay niya sa aklat niya ang tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagpapaliwanag ng

Kabutihang-loob ni Allāh sa Kalipunang Islām at Pagpapaumanhin Niya Rito. Numero ng Layon: 4

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at magpanuto ka sa bawat grupo sa pagtutulungan sa pagganap sa aktibidad, sa kundisyon na magsubaybay ka sa mga grupo sa sandali ng paggawa ng mga ito para magpakatiyak sa pagtutulungan nila at pagsasaliksik nila ng sagot sa marangal na ḥadīth.

Pakaalamin mo ang pagsagot ng bawat grupo sa aktibidad kasama ng paghahambing sa pagitan ng mga grupo. Pakaalamin mo ang pinakatama sa mga pagsagot, kung saan magsususog ang bawat grupo sa kinasadlakan nito na mga kamalian. Suportahan mo ang pinakamainam sa mga grupo sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pakikipagtalakayan Hinggil sa Kagaanan ng mga Patakaran ng Islam. Numero ng Layon: 4

Maaari sa iyo na sumalig sa naunang pagkakaalam na taglay ng mga estudyante at humiling sa kanila na gunitain ang nalalaman nila hinggil sa ikinatatangi ng Batas ng Islām na kagaanan at kadalian, at gumawa ng mga halimbawa para roon mula sa mga patakaran ng salah, zakāh, at pag-aayuno. Pakaalamin mo ang

mga pagtugon nila at tasahin mo ang mga ito, habang ipinaliliwanag sa kanila ang tamang sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga pagsagot, kung saan magbibigay ang bawat estudyante sa sarili niya ng iisang grado para sa tumpak na pagsagot. Pakaalam mo ang mga grado ng mga estudyante, habang naghahambing sa pagitan nila.

PANUTO 1: - -

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante upang magsulat ang bawat isa sa kanila sa pisara ng tamang pagpili sa ikalawang tanong, kasama ng pagtatasa ng mga kaklase nila sa kanila at ng paglipat sa mga aklat nila ng tumpak na sagot.

PANUTO 2: Ang pagkalimot - Ang Tindi ng Kawalang-katarungan Nila - Ang Pagdarasal sa Gabi.

Magtutulungan ang bawat dalawa mula sa mga estudyante para sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong. Magdaraan ang tagapagturo sa kanila upang mag-alam sa mga pagsagot nila at

mamimili siya ng pinakamainam na grupo sa pagsagot upang basahin nito sa mga kaklase nito ang tumpak na sagot upang magtama ang bawat pangkat sa kinasadlakan nito na kamalian.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsangguni sa isa sa mga reperensiya ng kaalaman para sa pagpapakalawak sa pag-alam sa mga kainaman ng mga Kasamahan, pagkakinakailangan ng pagdinig at pagtalima kay Allāh at sa Sugo Niya (Basbasan Niya ito at pangalagaan), pagbubuod ng naintindihan, at paglalahad nito sa darating na pagkikita.

Magtutulungan ang mga estudyante sa pagtipon ng pinakamalaking bilang ng mga halimbawa ng ginhawa ng Batas ng Islām at kadalian nito, kasama ng pag-employo ng mga patunay na pangkapahayagang natatangi rito.

Ang Ikatlong Araling: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, Sūrah At-Tīn

Ang Panahon ng Aralin: Dalawang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(lumukob ito - nasuklam - kaya kumanlong
Siya - kaya nagpatnubay Siya - kaya nagpasapat
Siya - nakabigat - likod mo - pagbanggit sa iyo -
magpakapagal ka - ang igos - ang oliba - ang
matiwasay na bayan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kard na Pampagtuturo - Ang
mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na
Nakarekord

Dito Ang mga Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtuturong Palitan "Ang Prognosis -
Ang Pagtatanung-tanong - Ang Pagpapaliwanag -
Ang Pagbubuod").

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga
Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Halaga ng Propeta
(Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang paggawa ng maganda sa mga ulila, mga
mahina, at mga maralita.

* Ang Katiyakan na si Allāh ay Maawain sa
Nilikha Niya sa Kalahatan.

* Ang Pagdakila sa Katayuan ng Bayang
Pinakababanal.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Hilingin mo sa mga estudyante na ilabas ang mga Muṣḥaf nila at basahin ang Sūrah Aḍ-Duḥā, ang Sūrah Ash-Sharḥ, at ang Sūrah At-Tīn. Pagkatapos magpanuto ka sa bawat isa sa kanila sa paghulo ng tatlong ideya na pinag-uusapan ng tatlong sūrah. Magtatala ang bawat estudyante ng pagsagot niya sa kuwaderno niya, pagkatapos ng pagpapaantala ng pagtatasa nito hanggang sa sandali ng pagwawakas ng aralin. Pagkatapos isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Makikinig ang mga estudyante sa tatlong sūrah sa pamamagitan ng audio medium, kasama ng pag-iisip-isip sa mga ito at pagtatakda sa mga salitang kinakailangan nilang malaman ang pakahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Ibibigay ng mga estudyante ang mga tanong na nauugnay sa mga āyah at pagyayamanin ang mga ito ng tagapagturo sa pamamagitan ng mga ibang tanong, halimbawa:

PANUTO: Magpaliwanag ka ng katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng nasaad sa mga āyah.

PANUTO: Ano ang mga utos na pampanginoong nasasaad sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā?

PANUTO: Hanguin mo ang kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng nasaad sa Sūrah Ash-Sharḥ.

PANUTO: Ano ang kinakailangan sa Muslim tungo sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?

PANUTO: Ano ang ibig sabihin ng: (kabundukan ng Sinai - bayang matiwasay - isang pinakamagandang paghuhubog)?

Pagkatapos talakayin ng tagapagturo ang mga tanong na iyon sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, upang maisakatuparan niya ang ikatlong yugto ng estratehiya at iugnay niya ang mga tanong sa mga āyah ng Qur'ān; at tatalakayin niya ito sa pamamagitan ng sapat na pagpapakahulugan.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Para sa pagsasakatotohanan ng ikaapat na yugto ng estratehiya ng "Pagtuturong Palitan" at ng nauugnay sa pagbubuod, magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagsulat ng pinakamahalaga sa mga paggabay at mga katuturan mula sa mga marangal na āyah.

Pipili siya ng ilan sa mga estudyante para magbasa ng naisagawang maisulat, pagkatapos

para magkomentaryo rito para magpakatiyak sa paglalaman nito ng pinakamahalaga sa mga paggabay ng mga āyah.

Ang pagkomentaryo rito at ang pagtatasa rito mula sa panig ng tagapagturo at natitira sa mga kaklase.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paghango ng Nahihinuha Mula sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, Sūrah At-Tīn. Numero ng Layon: 2

Magsusulat sa isang kard na pampagtuturo ang tagapagturo ng bawat āyah mula sa mga āyah na nasasaad sa unang aktibidad.

Mamimili ang ilan sa mga estudyante, kung saan mamimili ang bawat isa sa kanila ng isa sa mga kard sa isang paraang pasapalaran para sa pagsagot sa tanong na napaloloob sa mga ito.

Mamimili siya ng isang iba pang estudyante para magtuos ng sagot ng kaklase niya, kasama ng pagsubaybay ng tagapagturo at pagpapanuto rito.

(مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَى). (لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ).
(فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ (9) وَ أَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ . (فَإِذَا فَرَغْتَ
فَانْصَبْ (7) وَ إِلَى رَبِّكَ فَارْغَبْ). (وَ هَذَا الْبَلَدَ الْأَمِينِ).

{hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam.}

{talaga ngang nilikha Namin ang tao sa pinakamainam na hubog.}

{9. Kaya naman ang ulila ay huwag mong siilin.

10. Ang nanghihingi naman ay huwag mong itaboy.}

{7. Kaya kapag nakatapos ka sa gawain, magpakahirap ka sa pagsamba,

8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.}

{sumpa man sa matiwasay na bayang ito;}

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghuhulo ng mga Kaparaanan ng Pag-abot ng Muslim sa Kaluguran ni Allāh. Numero ng Layon: 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng ikalawang aktibidad. Pakaaalamin niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, sasagot ang bawat estudyante sa dalawang ito nang nagsosolo.

Ilalahad ng tagapagturo ang tumpak na sagot sa pisara.

Hihilingin niya sa bawat isa sa kanila na ibigay ang gradong nababagay sa pagsagot nito.

Pakaaalamin niya ang mga grado nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

PANUTO 1: - -

Magtutulungan ang bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong.

Makikipagpalitan ang bawat grupo ng sagot niya sa ibang grupo para magtasa nito.

Ibibigay ng tagapagturo sa bawat grupo ang pagkakataon para magbigay ng napuna nito na mga kamalian taglay ng ibang grupo, kasama ng paglalahad ng tumpak na sagot.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagsusulat ng mga lathalain sa mga site ng social media tungkol sa kahalagahan ng pagkaawa sa mga mahina.

Ang pagtatalaga sa mga estudyante sa paglipat ng pinakamahalaga sa nahihinuha mula sa pagpapakahulugan sa mga sūrah sa mga pamilya nila at mga kaibigan nila.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr

Ang Panahon ng Aralin: Dalawang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang malalinta - ang pagbabalikan - talagang hahablot nga Kami - kapulungan niya - Gabi ng Pagtatakda - ang Espiritu).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagdayalogo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa Balor ng Kaalaman.

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Pagpapakumbaba at Kainaman Nito.

* Ang Pagsisigasig sa Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

* Ang Pagdakila sa Gabi ng Pagtatakda at Pagalam sa Katayuan Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapakilala ang tagapagturo sa mga estudyante sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr at bilang ng mga āyah ng dalawang ito. Maaari sa kanya na ilahad niya sa kanila ang buong dalawang sūrah sa pamamagitan ng kompyuter, pagkatapos isulat niya ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magsasagawa ang tagapagturo ng pagbahagi sa dalawang sūrah ng aralin sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay sa Sūrah Al-`Alaq at ang ikalawang bahagi ay sa Sūrah Al-Qadr.

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante ang makinig sa unang bahagi ng sūrah sa pamamagitan ng tinakdaang audio medium.

Hihilingin niya sa kanila na mag-ulit-ulit nito sa isang mahinang tinig, kasama ng pagninilay-nilay sa kahulugan nito.

Hakbang 2

Pakaalamín mo mula sa mga estudyante kung sino ang nagpapamalagi sa pag-iisip sa paglikha sa kanya at mga yugto ng buhay niya upang mapangaralan siya at sumampalataya kay Allāh.

Ang pagbubunyi sa pagganap nila at ang paggawa rito bilang pagsisimulan ng pagtalakay sa mga āyah at pagpapakahulugan sa mga ito.

Maaari sa iyo ang magpatulong sa mga sumusunod na tanong upang makipag-interaksiyon ang mga estudyante sa mga ito at sumagot sa mga ito sa pamamagitan ng pagkaunawa nila sa mga āyah.

PANUTO: Ipaliwanag mo ang simula ng pagbaba ng kapahayagan sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng Sūrah Al-`Alaq.

PANUTO: Linawin mo ang kaugnayan sa pagitan ng pagmamalabis ng tao at pagpapakamalaki niya sa biyaya ng pagkamayaman at ng binanggit ng Sūrah Al-`Alaq hinggil sa pagkakailangan ng panunumbalik sa Panginoon upang magkamit ng gantimpala.

PANUTO: Ano ang nalalaman mo tungkol sa kuwento ni Abū Jahl at matinding pagkamuhi niya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na āyah: {1. Tunay na Kami ay nagpababa nito sa Gabi ng Pagtatakda. 2. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Gabi ng Pagtatakda? 3. Ang Gabi ng Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan.} (Qur'ān 97:1-3)

Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila at gawin mo ang mga pagsagot nila bilang pagsisimulan ng pagpapakahulugan sa mga āyah ng marangal na sūrah.

Maglahad ka sa kanila ng bawat āyah sa isang anyong nagsosolo, habang naglilinaw ng mga kahulugan ng mga bokabularyo nito at habang nagpapakahulugan sa āyah.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magpanuto ka sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan para sa paghantong sa nahihinuha mula sa mga āyah at iginagabay nito.

Maglahad ka ng isang poster sa mga estudyante at mamili ka ng ilan sa kanila upang isulat rito ang isa sa mga aspeto ng paghinuha.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paglilinaw sa Kahalagahan ng Kaalaman at Pagkatuto. Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa takdang aralin.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa hinaharap na pagkikita upang maglahad ang bawat isa sa kanila ng nahantong niya.

Magtatasa sa kanila ang mga iba sa ilalim ng pangangasiwa mo at pagsubaybay mo.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga kapita-pitagang gawain sa Gabi ng Pagtatakda. Numero ng Layon: 4

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagbasa ng hadith na nasasaad sa unang aktibidad. Tatalakayin niya sa kanila ang pagpapakahulugan sa mga kahulugan ng mga bokabularyong napaloloob dito, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa paglahad ng mga kahulugan sa pamamagitan ng konteksto. Pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila

hinggil sa pagpapakahulugan sa mga ito at ipinakakahulugan ng mga ito. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para sa pagsagot sa mga punto ng aktibidad nang magkakasunud-sunod. Magtatama siya sa kanila, pagkatapos magtatala siya ng mga ito sa pisara para isulat nila sa mga aklat nila.

Ang mga Gawain sa Gabi ng Pagtatakda

Ang pag-abang sa Gabi ng Pagtatakda sa pamamagitan ng mga gawang maayos sa huling sampung araw ng Ramadān.

Ang dalas ng pagdalangin sa Gabi ng Pagtatakda sa pamamagitan ng pagsabi natin ng: "Allāhumma, innaka `afūwun tuḥibbu -l`afwa fa-`fu `annī. (O Allāh, tunay na Ikaw ay Mapagpaumanhin; naiibigan mo ang pagpapaumanhin kaya magpaumanhin ka sa akin.)"

Ang pagsasagawa ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramadān, na kasama sa mga ito ang Gabi ng Pagtatakda.

Ang Pagdarasal sa Gabi ng Pagtatakda

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Ang pagbasa ng mga sumusunod na tanong mula sa mga aklat nila nang maigi, pagkatapos ang pagsagot sa mga ito sa mga nakahiwalay na kard.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa nito.

Titipunin mo ang mga kard, pagkatapos pipili ka ng ilan sa mga ito sa isang paraang pasapalaran para magtasa ng mga ito sa harap ng mga kaklase.

Ang pagpapaalam sa kanila ng mga tumpak na sagot at mga maling sagot.

Ang pagbanggit sa pangalan ng mag-aaral na may-ari ng kard at ng sinumang nagsagawa ng pagtutumpak nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagsusumikap sa pag-aaral ng kaalaman at pagtuturo nito at ang pagpapalakas-loob sa mga kaanib ng pamilya at mga nakapaligid para magsagawa niyon.

Ang pagpaparami ng mga pagsamba at paghingi ng tawad sa Gabi ng Pagtatakda para

magkamit ng paumanhin ni Allāh at kapatawaran Niya.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al- Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(mga kumakalas - ang malinaw na patunay - ang sangkinapal - nang hiwa-hiwalay - kasimbigat ng isang katiting).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagdayologo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Imahinasyon - Ang mga Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagsisigagat sa Pagpapakawagas sa Pagsamba kay Allāh – Tanging sa Kanya.

* Ang Pagtataglay ng Katapatan sa Pagsasabi at Paggawa.

* Ang Paggaya sa mga Mananampalataya na Gumagawa ng mga Gawang Maayos.

* Ang Paghahanda Para sa Pagtutuos sa Araw ng Pagbangon.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pag-aanyaya (da`wah) ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Papaanong nag-anyaya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungo sa pagsamba kay Allāh sa simula? Ano ang saloobin ng mga kalipi niya sa pag-aanyayang ito? Ano ang kahahantungan ng sinumang tumangging sumampalataya sa mensahe? Tatanggapin mo sa kanila ang mga pagsagot at magkokomentaryo ka sa mga ito. Magpapahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang sūrah ng aralin sa pamamagitan ng isang audio medium.

Mag-uulit-ulit ang mga estudyante sa pagbigkas ng mga āyah matapos ng tagabasa.

Pagkatapos mamimili ang tagapagturo ng isa sa kanila para magbasa ng mga ito sa mga kaklase niya.

Hakbang 2

Ang pagpili sa ilan sa mga estudyante para makipagtalakayan sa kanila hinggil doon kasama ng pagbibigay-linaw sa nalalabi sa mga āyah at pagpapakahulugan sa mga ito.

Hakbang 3

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang semantic map na maglilinaw sa mga makadiyos na utos na inihatid ng mga āyah.

Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga ito sa kundisyon na maisagawa ang pag-uugnay sa pagitan ng bawat utos at kinalalagyan nito sa mga marangal na āyah.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa bawat estudyante na mag-ulit ng pagbubulay-bulay sa mga āyah at paghuhulo ng mahihinuha sa mga ito. Iyon ay sa pamamagitan ng pagtatala ng bawat isa sa kanila ng nahantong niya sa aklat niya. Pakaalaman mo ang mga sagot nila.

Maglahad ka sa kanila ng isang poster na pinagtipunan ng lahat ng mga aspeto ng pagpapahinuha at iginagabay ng mga āyah.

Maghahambing ang bawat estudyante ng isinulat niya sa nakalahad sa poster.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pamamaraan ng Paghahambing sa pagitan ng mga mananampalataya at mga tagatangging sumampalataya.

Numero ng Layon: 2

Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagbasa ng unang aktibidad mula sa aklat. Pagkatapos magsusulat sa isang papel na panlabas ang bawat isa sa kanila ng mga sagot niya.

Matapos ng pagpapahayag sa kanila ng pagwawakas ng pagsagot, mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para makipagtalakayan sa kanila hinggil sa mga sagot at magsulat ng tama sa pisara.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pag-ugnay sa Pagitan ng mga Ayah.

Numero ng Layon: 3, 4

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng ikalawang aktibidad. Mamili ka ng isang estudyante kasunod ng isa pa para magbasa sa mga kaklase nila ng dalawang sangkap ng aktibidad.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pagpapaliwanag ng bawat sangkap. Humiling ka sa bawat estudyante na gawin ang mga pampaghuhulong kakayahan niya sa paghantong sa tumpak na sagot para sa sangkap at pagbibigay-katwiran. Sasalubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito habang ipinaliliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ng pagsulat ng mga ito sa pisara para ilipat sa mga kuwaderno.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo, kung saan magtutulungan ang bawat grupo sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa mga aklat nila.

Magsagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante para magpakatiyak sa pakikilahok ng mga kaanib ng bawat grupo sa pagsagot.

Gawin mo ang bawat dalawang grupo na magpapalitan ng pagsagot ng dalawang ito, kung saan magtutumpak ang bawat pangkat sa pagsagot sa ibang pangkat.

Pakaalaman mo ang mga kamalian na natuklasan ng bawat grupo sa ibang grupo at ang pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Ilahad mo sa kanila sa pagwawakas ang pang-ehemplong pagsagot.

PANUTO 1: - - - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagganyak sa mga estudyante sa pananatili sa paggawa ng mga gawang maayos upang makatagpo sila ng mga positibong epekto ng mga ito at makapagsadamdamin sila ng sarap ng mga bunga ng mga ito sa buhay nila.

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa paglathala ng napag-alaman nila mula sa aralin na mga epekto ng pananampalataya at maayos na gawa sa individuwal at lipunan sa balangkas ng pamilya nila at lipunan nila.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang mga [kabayong] tumatakbo - habang humihingal - ang mga nagpapaningas - ang mga nanlulusob - sa madaling-araw - mapagkaila - ang Tagakalampag - pinakalat - kailaliman).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Audio Medium na Nakarekord Dito

ang Dalawang Marangal na Sūrah).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagtalakayan - Ang Istilo ng Imahinasyon - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagbibigay-halaga sa Biyaya ni Allāh.

- Ang Pagkaramdam sa Kadakilaan ni Allāh sa Araw ng Pagbangon.

- Ang Pangungunyapit sa Katotohanan at Pag-aanyaya Tungo Rito.

- Ang Pag-iwas sa Pagkasadlak sa mga Katangian ng mga Tagatangging Sumampalataya at mga Tagasuway.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na pagtatanung-tanong: Ano ang mga pangalan ng Huling Araw? Ano ang nalalaman mo tungkol sa mga pangyayaring ito? Sa pamamagitan ng pagsagot, maghantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Babasahin ng Tagapagturo sa mga estudyante ang dalawang sūrah ng aralin, pagkatapos hihilingin niya sa kanila na ulit-ulitin ang dalawang ito matapos niya.

Mamimili siya ng dalawa mula sa mahuhusay sa pagbasa ng dalawang ito sa mga kaklase nilang dalawa, kasama ng pagsubaybay nila sa dalawa sa pagbubulay-bulay sa naririnig.

Hakbang 2

Para sa pagganyak sa mga estudyante, ibigay mo sa kanila ang sumusunod na tanong at salubungin mo ang mga pagsagot nila, na kabilang

sa mga ito na sila ay pasusumpain para magbigay-diin dito at magpatibay rito sa sinumang nakaririnig sa kanya.

PANUTO: Ano ang gagawin mo kapag nagnais kang magbigay-diin sa isang bagay sa isang tao samantalang siya ay hindi kumbinsido sa sinasabi mo?

Tatalakayin ng tagapagturo ang Sūrah Al-`Ādiyāt sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Ang pagsisigasi sa paglalahad ng bawat āyah kabilang sa mga āyah nang magkakasunud-sunod at pagpapakahulugan sa mga kahulugang malabo sa mga ito.

Ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante para magpaliwanag ng kahulugan ng mga ito alinsunod sa kontekstong ibinigay.

Hakbang 3

Lilipat ang tagapagturo sa pagbibigay-linaw sa Sūrah Al-Qāri`ah at paglilinaw sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon na nilaman nito sa pamamagitan ng istilo ng imahinasyon.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magrerepaso ang tagapagturo sa mga estudyante ng inilahad nila na mga ideyang nauugnay sa aralin magmula ng simula nito.

Hihilingin niya sa kanila na magtasa ng mga ito sa pamamagitan ng mga sarili nila ayon sa liwanag ng pag-aaral nila ng mga āyah.

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat dalawa sa kanila sa pagtutulungan sa pagtatakda ng nahihinuha mula sa mga āyah at iginagabay ng mga ito.

Hihilingin niya sa kanila na magbatid sa anumang napaloloob sa mga aklat nila na mga aspeto ng pagpapahinuha.

Ang paghahambing sa pagitan nito at ng inilahad nila, kasama ng pagbibigay ng pagkatig at pagsuportang nababagay sa pagganap nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagtatakda ng Pinakamahalaga sa mga Maayos na Gawa na Maiibigan ng Muslim na Makita sa Timbangan ng mga Magandang Gawa Niya. Numero ng Layon: 2

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng unang aktibidad. Mamili ka ng isang estudyante kasunod ng isa pa para magbasa sa mga kaklase nila ng uri ng gawain.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pagpapaliwanag ng bawat sangkap. Humiling ka sa bawat estudyante na gawin ang mga pampaghuhulong kakayahan niya sa paghantong sa isang halimbawa ng gawain na magpapabigat sa timbangan ng mga magandang gawa. Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito habang ipinaliliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ng pagsulat ng mga ito sa pisara para ilipat sa mga kuwaderno.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagtutugma sa mga Ayah.

Numero ng Layon: 2, 3

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga teksto na nasasaad sa ikalawang aktibidad. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para basahin ang mga ito, pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito at nilalayon ng mga ito.

Pagkatapos magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang bahagi ng aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang

nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

وَ إِنَّهُ لِحُبِّ الْخَيْرِ لَشَدِيدٌ). وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنْفُوشِ
(5). فَأَمَّا مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ (6) فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ (7)
وَ أَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ (8) (فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ).

{Tunay na siya, sa pagmamahal sa yaman, ay talagang matindi.}

{5. at ang mga bundok ay magiging para bagang nagliliparang lana,

6. Kaya tungkol sa sinumang bumigat ang mga timbangan niya sa kabutihan,

7. siya ay nasa isang pamumuhay na nakalulugod.

8. Hinggil naman sa sinumang gumaan [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

9. ang kanlungan niya ay kailaliman.}

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isa kasunod ng isa pa.

Hihilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong mula sa mga tanong.

Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran para sa paglalahad ng mga sagot nila sa nalalabi sa mga estudyante.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: (✓) - (X) - (✓) - (✓) - (X).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapagabay sa pamamagitan ng pakay ng Marangal na Qur'ān sa pagbanggit ng mga āyah

ng pagbabala at pagbabanta hinggil sa dami ng pagbabalik-loob, paghingi ng tawad, at pagdadali-dali sa mga pagtalima.

Ang pagpapaliwanag at ang pagbibigay-linaw sa mga kaanib ng pamilya na ang mga tao sa Araw ang Pagbangon ay dalawang uri: isang uring bumigat ang mga timbangan ng mga magandang gawa nito kaya magkakamit ito ng Paraiso at isang uring bumigat ang mga timbangan ng mga masagwang gawa nito kaya ang kahahantungan nito ay tungo sa Impiyerno. Ang paghimok sa mga kabutihan at pag-iwan ng mga nakasasama.

Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawhīd (ang Kufr at ang Shirk)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ang Kufr (Kawalang-pananampalataya) - Ang Shirk (Pagtatambal) - Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw) - Ang Riddah (Pagtalikod Islām).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Āyah ng Qur'ān na Nasasaad sa Aralin - Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang Pisara - Ang Kompyuter - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang mga Semantic Map - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Simetriya - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagpula sa Kufr at Shirk sa Lahat ng mga Anyo at mga Porma.

- Ang Pagsasadamdamin ng Panganib ng Kufr at Shirk sa Muslim.

- Ang Pag-iwas sa Lahat ng mga Anyo ng Kufr at Shirk.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itala mo sa pisara ang sumusunod na parirala: "Nag-aakala ang ilan sa mga tao na ang kufr (kawalang-pananampalataya) ay nalilimitahan sa pagkakaila sa pag-iral ni Allāh." Pagkatapos hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila rito at magtakda ng saklaw ng pagkatama nito. Gawin mo ang mga pagsagot nila bilang

introduksiyon para sa pagpapaalam sa aralin at mga layon nito.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Maaari sa iyo na mag-organisa ng pagkakaalam ng mga estudyante sa pamamagitan ng mga sangkap ng aralin sa pamamagitan ng paglahad ng isang semantic map na naglalaman ng mga ideya at mga sangkap na nasasaklawan nito, na nauugnay sa bawat isa sa malaking kufr at maliit na kufr at mga uri ng dalawang ito. Hilingin mo sa kanila na magbulay-bulay sa semantic map.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng pansariling pagtatanung-tanong, maaari sa tagapagturo na magpanuto sa bawat dalawa mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagbibigay ng mga tanong na naiibigan nilang dalawa na sumagot sa mga ito ang aralin.

Tipunin mo ang mga tanong at itala mo ang mga ito sa isang poster na isasabit sa harapan ng mga estudyante. Maaari sa iyo na pagyamanin ang mga tanong na iyon sa pamamagitan ng isang grupo ng mga tanong na pangkaragdagan na napalolob sa hakbang na iyon.

PANUTO: Ano ang konsepto ng kufr (kawalang-pananampalataya)?

PANUTO: Banggitin mo ang pagkakaiba sa pagitan ng bawat isa sa malaking kufr at maliit na kufr.

PANUTO: Banggitin mo ang ilan sa mga halimbawa ng malaking kufr at maliit na kufr.

PANUTO: Ipaliwanag mo ang mga epekto ng malaking kufr at maliit na kufr.

PANUTO: Banggitin mo ang mga uri ng shirk kalakip ng pagbibigay-kahulugan sa bawat uri at halimbawa nito?

PANUTO: Ano ang mga resultang ibinubunga ng maliit na shirk:

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo ang malaking kufr (kawalang-pananampalataya) at ang maliit na kufr (kawalang-pananampalataya) sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, kasama ng pagsisigasig sa paglalahad ng mga patunay at mga pansaksing panrelihiyon na nauugnay sa dalawang ito at paglalahad sa mga āyah ng Qur'ān sa pamamagitan ng tinakdaang audio medium, kung saan makikinig sa mga ito ang mga estudyante, magpapaliwanag ng mga ito ang tagapagturo, makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito, at magpapakahulugan siya ng mga ito sa kanila para maglinaw sa iginagabay

ng mga ito at magpaliwanag ng saklaw ng pagkakaugnay ng mga ito sa pagbibigay-patunay sa mga anyo ng kawalang-pananampalataya.

Hakbang 4

Sa pamamagitan ng istilo ng simetriya, maaari sa tagapagturo na ilahad sa mga estudyante ang mga sumusunod na pagkakahayag ng shirk. Hihilingin niya sa kanila na magtakda ng uri ng shirk at anyo nito, na sasagot ang bawat isa sa kanila ng isang tumpak na pagsagot, habang nagbubuod ng nalaman niya tungkol sa uring iyon sa isang pinaigsing pangungusap.

Nagdududa-duda ang isang lalaking hinggil sa pagkakaalam ni Allāh sa Nakalingid.

Tumatanggi ang isang babae sa pagsunod sa mga utos na makadiyos dala ng pagmamalaki at pagmamatigas.

Nag-ugnay ang isa sa mga tao ng kaangkanan ng anak niya sa isang lalaking hindi nag-ama rito.

Sa isa sa mga pagtatalo sa pagitan ng dalawang tao, sumumpa ang isa sa kanilang dalawa sa iba pa kay Allāh.

* Ang Paghuhulo

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang semantic map na hindi naglalaman ng mga sangkap ng aralin at mamimili

ng ilan sa kanila para magsulat ng isa sa mga sangkap at magbibigay-linaw siya rito. Sa kaso ng kawalan ng kakāyahan niya, magsasagawa nito ang ibang estudyante. Gayon nga hanggang sa maisagawa ang pagrepaso sa lahat ng mga sangkap ng aralin.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghahambing sa Pagitan ng Malaking Kufr at Malaking Shirk at Maliit na Kufr at Maliit na Shirk. Numero ng Layon: 4

Magbabahagi ang tagapagturo sa mga estudyante sa dalawang grupo. Magtatala siya ng anyo ng paghahambing na nasasaad sa aktibidad sa isang grupo ng mga kard at mamamahagi siya ng mga ito sa mga estudyante nang pasapalaran, pagkatapos ilalahad niya ang mga anyong iyon nang magkakasunud-sunod, kung saan babanggitin ng unang grupo, na nasa kanila ang uring ito, ang tamang paghahambing; at babanggitin naman ng ikalawang grupo ang ikalawang paghahambing kasama ng pagtatasa rito. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa pagsulat sa mga aklat nila ng tumpak na paghahambing.

Ang Malaking Kufr at ang Malaking Shirk Ang Anyo ng Paghahambing Ang Maliit na Kufr at ang Maliit na Shirk

Ang Pagpapasinungaling sa mga Sugo at ang Pangungutya sa Relihiyon Kabilang sa mga Anyo Nito Ang Pakikipaglaban sa Muslim at ang Paninirang-puri sa Kaangkanan

Lumalabas ang tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaan ng Islām. Ang Pagpapalabas sa Tagapagtaglay Nito Mula sa Kapaniwalaan ng Islām Hindi lumalabas ang tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaan ng Islām.

Pananatilihin ang tagapagtaglay nito sa Impiyerno. Ang Pananatili ng Tagapagtaglay Nito sa Impiyerno Hindi pananatilihin ang tagapagtaglay nito sa Impiyerno.

Nag-oobliga ito ng kawalang-kaugnayan sa tagagawa nito. Ang Kawalang-kaugnayan sa Tagagawa Nito Hindi ito nag-oobliga ng kawalang-kaugnayan sa tagagawa nito.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Uri ng Shirk at Kufr.

Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas

na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagbibigay-babala Laban sa Pangungutya sa Relihiyon o Marangal na Qur'ān.

Numero ng Layon: 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante na sumulat ng mensahe tungo sa sinumang nangungutya sa Relihiyon ni Allāh, pagkatapos magtalaga ka sa kanila sa pagdidisenyo ng isang kard na napaloloob ang mensahe. Pagkatapos tipunin mo ang mga kard, tasahin mo ang mga pagganap ng mga estudyante, at ibigay mo sa kanila ang pagpapalakas-loob na nababagay.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsulong alinsunod sa mga sumusunod na hakbang.

Para sa pagsagot sa unang tanong, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng bawat pahayag na kabilang sa mga pahayag niya nang

magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila na mag-angat ng mga kamay nila pataas kapag ang pahayag ay tumpak. Magsusubaybay siya sa pagganap nila at magtatama sa mga kamalian nila.

PANUTO 1: (X) - (X) - (✓) - (X) - (✓)

Para sa pagsagot sa ikalawang tanong, magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsagot dito nang nagsosolo. Magdaraan siya sa kanila upang mag-alam sa mga pagsagot nila, habang nagpapanuto sa tumpak na sagot sa nagkakamali sa kanila.

Ang Kufr ay nagpapawalang-saysay sa gawa.

Ang Pagmamalaki.

Ang Pagsusuot ng mga Agimat

Ang Paniniwala sa Kaalaman ng mga Nanghuhula sa Nakalingid.

Ang Pagpapawalang-kabuluhan sa Gawa.

Ibibigay ng tagapagturo sa mga estudyante ang ikatlong tanong. Mamimili siya ng dalawa mula sa kanila para sa pagsagot sa dalawang sangkap nito. Mamimili siya ng dalawang iba pa para magtasa sa pagsagot ng mga kaklase nilang dalawa. Sa wakas, mag-aalam siya kasama nila sa tumpak na pagsagot para magtala nito sa mga aklat nila.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Mag-uulit ang bawat estudyante ng pagbasa ng mga āyah ng Qur'ān na nasasaad sa aralin, na nagbibigay-patunay sa mga anyo ng malaking kufr at maliit na kufr at malaking shirk at maliit na shirk. Pakaaalamin mo ang iba pa sa mga ito sa pamamagitan pagsangguni sa mga magkakaibang reperensiya, nang sa gayon makaunawa siya sa mga āyah na iyon at makapagsadamdamin siya sa pamamagitan ng mga ito sa panganib ng kufr at shirk, at magtangka siya na magbigay ng mga paggabay sa sinumang nasa paligid niya tungkol sa mga pagkakahayag na ito. Gayon nga nang sa gayon sumalahat ang pagkakaalam.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawhīd (ang Nifāq at ang Riddah)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Nifāq at ang Riddah).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Poster na Pampagtuturo - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Audio Medium).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang Pakikipagdayalogo - Ang Pakikipagtalakayan - Ang Halimbawa at ang Hindi Halimbawa).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin ng Pagkapanganib ng Nifāq at Riddah.

- Ang Pag-iwas sa mga Anyo ng Nifāq at Riddah at mga Porma ng Dalawang Ito.

- Ang Pagpapatulong kay Allāh – Tanging sa Kanya – Hindi sa Iba sa Kanya.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga advance organizer, ilalahad ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo at ang kasunod nito na mga tanong. Pakaaalaman niya ang mga pagsagot nila at itatala niya sa pisara ang naiiba mula sa mga ito. Magtatawag-pansin siya sa kanila sa pagsubaybay ng aralin nang maigi dahil sila, sa pamamagitan nito, ay makakakaya sa paghantong sa tumpak na pagsagot.

(Nakakikita tayo ng ilan sa mga tao na nanunuya sa Batas ng Islām, nanghahamak sa mga Muslim, at nagbubunyi sa mga kaaway ng Islām. Kaya ano ang paglalarawang pangkapahayagang

ukol sa mga ito? Ano ang kahatulan sa kanila sa Qur'ān at Sunnah.)

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Maaaring itala mo sa pisara ang sumusunod na parirala. Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa kahulugan nito at katuturan nito.

(Ang paglalantad ng tao ng kasalungatan ng ikinukubli niya. Kung ito ay naging nauugnay sa saligan ng paniniwala ng Islām, ito ay isang malaking nifāq. Kung ito ay naging nauugnay sa ilan sa mga gawain, ito ay maliit na nifāq.

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang pormang pampagpapaliwanag ng nilalaman ng aralin na mga sangkap, sa kundisyon na magsagawa sila ng pag-uugnay sa pagitan ng pormang ito at naunawaan nila mula sa naunang pahayag.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan, ibibigay ng tagapagturo sa mga estudyante ang mga sumusunod na tanong at tatalakayin niya ang mga ito sa kanila sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Sa loob ng paglalahad ng pagsagot sa bawat tanong, ilalahad niya ang mga patunay na nauugnay rito:

PANUTO: Ano ang nifāq na pampaniniwala?

PANUTO: Banggitin mo ang ilan sa mga halimbawa ng nifāq na pampaniniwala.

PANUTO: Ano ang kahatulan sa nifāq na pampaniniwala?

PANUTO: Ano ang ipinantatawag sa nifāq na panggawain?

PANUTO: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng nifāq na pampaniniwala at nifāq na panggawain?

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng istilo ng halimbawa at hindi halimbawa, ibibigay ng tagapagturo sa mga estudyante ang sumusunod na mga halimbawa at mga senaryo na nauugnay sa riddah (pagtalikod sa Islām) at ang pagpapaalam sa mga ito, kung saan aalamin ng mga estudyante ang pagkakaiba sa pagitan ng mga ito:

May isang taong nagsasagawa ng ṣalāh at nag-aayuno subalit siya ay naniniwala sa kairalan ng katambal kay Allāh.

May isang taong madalas sa pag-insulto sa Islām dahil sa katwiran na siya ay hindi nananadya niyon.

May isang taong natuto ng panggagaway (karunungan itim) dahil sa katwirang siya ay nanggagamot sa mga tao sa pamamagitan nito

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante na magrepaso ang bawat isa sa kanila ng naisagawang pagtatala sa simula ng aralin na pagsagot hinggil sa tanong na nauugnay sa pangkapahayagan paglalarawan sa mga nauugnay sa Islām, na nanunuya sa Batas nito. Pakaaalaman niya ang mga opinyon nila upang mapaglinawan ang saklaw ng pagkahinuha nila mula sa aralin.

Magtatala ang bawat estudyante ng isang parapo sa kuwaderno niya na nagbubuod ng napag-alaman niya mula sa aralin. Magsusulat siya ng isang pahayag na nagpapalayo ng loob sa nifāq at riddah.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga Uri ng nifāq.

Numero ng Layon: 2

Basahin mo ang mga gawain ng aktibidad at hilingin mo sa mga estudyante na magtulungan sa pagsagot dito. Mamili ka ng isang kaanib sa bawat grupo para maglahad ng nahantong ng grupo niya. Maghambing ka sa pagitan ng mga pagsagot nila,

habang tinatakdaan ang pinakahigit sa mga grupo sa kakāyahan sa tumpak na pagsagot, pag-aanalisa, at mahusay na pagpapatupad ng napag-alaman nila mula sa aralin.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagtatakda ng mga Gawain na Natatalikod sa Islām Dahil sa mga Ito ang Tagagawa ng mga Ito. Numero ng Layon: 5

Hihilingin mo sa mga estudyante na magsolo ang bawat isa sa kanila sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa isang papel na panlabas sa bahay. Ilalahad sa iyo ang mga pagsagot sa hinaharap na aralin. Makikipagtalakayan ka nito sa kanila at magbibigay ka ng premyo sa nagpakamalikha in at magpaparangal ka sa kanya sa harapan ng mga kaklase.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Mamahagi ka sa mga estudyante ng mga kard na pampagtuturo na naglalaman ang kalahati nito ng simbolong (✓) at ang isa pang kalahati ay naglalaman naman ng simbolong (X). Pagkatapos ibigay mo ang mga pahayag na nasasaad sa unang tanong nang magkakasunud-sunod, kung saan iaangat ng mga estudyante ang kard na nababagay sa pahayag. Pakaaalamin mo ang nagkakamali

mula sa mga estudyante para makipagtalakayan sa kanya hinggil sa pinagkamalian niya.

PANUTO 1: (✓) - (X) - (X) - (✓) - (✓)

Mamili ka ng tatlong estudyante upang sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap na nasasaad sa ikalawang tanong. Sa sandali ng pagkakamali ng alinman sa kanila, magpanuto ka sa kanya sa paghango ng tumpak na sagot mula sa aklat.

PANUTO 2: Ang pagbibigay-babala Laban sa mga Anyo Nito - Ang Pagpapatirapa sa mga Diyus-diyusan - Ang Pampaniniwala

Sasagot ang bawat estudyante sa ikatlong tanong nang nagsosolo. Mamili ka ng ilan sa kanila para magbasa ng mga pagsagot nila, kasama ng pagtatasa ng mga kaklase nila sa kanila at pagpapaalam sa kanila ng tumpak na sagot sa sandali ng pagkakamali nila.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagtakwil sa lahat ng mga anyo ng nifāq at riddah na nasasaksihan nila sa lipunan nila at ang pagbibigay-babala sa mga tao laban sa

pagkasadlak dito, maging sa isang anyong pang-individuwal o panggrupo o pagpapagabay sa mga kaanib ng mga nakapaligid o sa mga alagad ng kaalamang pangkapahayagan.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang bid`ah - tatanggihan - ang mga pinauso sa mga ito - kaligawan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawan na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagmamabigat ng Pumapatungkol sa Bid`ah.

- Ang Pag-iwas sa Pagpapakamananamba kay Allāh sa Pamamagitan ng Iba pa sa Isinabatas Niya.

- Ang Pagsasadamdamin sa Pagkapanganib ng Bid`ah at Paggawa ng Bid`ah sa Relihiyon.

- Ang Pagsisigasig sa Pangungunyapit sa mga Tuntunin ng Pag-alam sa mga Bid`ah.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo, kapatid kong tagapagturo, na magpasimula ng aralin sa pamamagitan ng pagpapatulong sa display screen, maglahad sa mga estudyante ng sumusunod na parapo, at humiling sa kanila na magbulay-bulay rito at maglinaw ng pagsasadamdamin nila tungo rito at pagpapagana nila ng mga pampaghuhulong kakāyahan nila sa pagsasagawa ng prognosis sa maaaring pumapatungkol sa aralin.

Naisalaysay ayon kay Imām Mālik (kaawaan siya ni Allāh) na siya ay nagsabi: **"Ang sinumang nagpauso sa Islām ng isang bid`ah na itinuturing niyang maganda, nagpalagay nga siya na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtaksil sa pagkasugo dahil si Allāh ay nagsasabi:**

(الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ)

{Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo,} (Qur'ān 5:3) Kaya ang anumang hindi naging relihiyon nang araw na iyon ay hindi

nagiging relihiyon ngayong araw. (Al-I'tiṣām ni Ash-Shāṭibīy 1/49.)

Ano ang pahiwatig sa sabi ni Imām Mālik (kaawaan siya ni Allāh) sa pagkapanganib ng bid`ah?

Pagkatapos magpahantong ka sa mga estudyante para sa pag-alam sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang mapa ng konsepto ng bid`ah, mga uri nito, at kahatulan dito. Hihilingin niya sa kanila na magbulay-bulay rito. Pagkatapos magbibigay ang bawat isa sa kanila ng isang tanong tungkol sa bawat sangkap. Sa pamamagitan ng pagsagot doon, maglilinaw at mabubunyag sa kanila ang nauugnay rito na mga impormasyon.

Sasalubungin ng tagapagturo ang mga tanong ng mga estudyante at magtatala siya ng mga ito sa isa sa dalawang gilid ng pisara.

Hakbang 2

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa mga tanong na ibinigay ng mga estudyante sa

naunang hakbang kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan, na maglilinaw sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito ang mga impormasyong nauugnay sa pagbibigay-kahulugan sa bid`ah, mga uri nito, at kahatulan dito. Baka magiging kabilang sa mga ito ang mga sumusunod na tanong:

PANUTO: Bigyang-kahulugan mo ang bid`ah.

PANUTO: Ang mga bid`ah sa Relihiyon ay marami ang mga uri. Takdaan mo ang pinakamahalaga sa mga ito.

PANUTO: Maghalimbawa ka ng mga bid`ah sa Relihiyon, gaya ng naintindihan mo mula sa aralin.

PANUTO: Linawin mo ang kahatulan sa bid`ah, kasama ng paghahalimbawa.

Hakbang 3

Tatalakay ang tagapagturo kasama ng mga estudyante ng pamamaraan ng pagbibigay-babala laban sa paggawa ng bid`ah sa Relihiyon sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, kasama ng paglalahad ng mga tuntunin ng pag-alam sa mga bid`ah. Iyon ay sa pamamagitan ng display screen, kasama ng pagbibigay ng ilan a mga larawang nagpapahayag ng mga tuntuning ito at paglalahad ng mga ito sa mga mag-aaral.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magsulat ang tagapagturo sa pisara ng isang bilog. Isusulat niya sa loob nito: Ang mga Paggabay at ang mga Pagpapanuto. Lalabas mula sa mga ito ang ilang pointer. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang sumulat sa tabi ng bawat pointer ng isa sa mga paggabay at pagpapanuto na natutuhan mula sa aralin, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa mahusay na pagbalangkas na nakakukumbinsi.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng mga Bid'ah. Numero ng Layon: 4

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga bid'ah na nasasaad sa unang aktibidad. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para basahin ang mga ito, pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito at nilalayon ng mga ito.

Pagkatapos magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang bahagi ng aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard,

pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagbibigay-babala Laban sa mga Bid`ah at Paggawa ng Bid`ah sa Relihiyon. Numero ng Layon: 2

Ilahad mo sa mga estudyante ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng display screen. Mamili ka ng isa sa mga mahusay para magbasa nito. Pakatapos talakayin mo sa kanila ang dalawang tanong ng aktibidad sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para sa pagsagot sa dalawang ito at suportahan mo ang sinumang tatama.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa Pagkapanganib ng Bid`ah.

Numero ng Layon: 2, 5

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng ikatlong aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod at pakaaalaman niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga

ito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara: isang tanong kasunod ng isa pang tanong.

Minamagaling na hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong na kabilang sa mga tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: (✓) - (X) - (✓)

PANUTO 2: Tatanggihan - Ang Pagpapauso - Ang Pag-angat ng mga Libingan - Ang Ṣalāh na Tarāwih.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan:

Makikilahok siya sa mga estudyante sa natutuhan nila tungkol sa mga bid`ah kasama ng mga pamilya nila, kasama ng pagtawag-pansin sa kahalagahan ng pangungunyapit sa mga sunnah at pagkakinakailangan ng pagsangguni sa Qur`ān at Sunnah sa pagpapakamananamba kay Allāh.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kainaman ng Pagbubusilak ng Sarili

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang pagbubusilak - ang katinuan - ang pagpapakitang-tao).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo: (Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Kuwento - Ang Standard Method
- Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga
Oryentasyon:

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng
Pagbubusilak ng Sarili.

- Ang Pagsusumikap at ang Pagkaibig sa
Pagbubusilak ng Sarili.

- Ang Pag-iwas sa mga Sakit ng mga Puso Gaya
ng Shirk at Pagpakitang-tao.

- Ang Paggaya sa mga Propeta at mga Maayos
na Tao sa Pagbubusilak ng mga Sarili.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpabatid ka sa mga estudyante ng
pagpapahalaga ng Maayos na Ninuno (Salaf Ṣālih)
sa pagbubusilak ng sarili, paglilinis dito, at
pagdadalisay rito yayamang nagbukod-tangi sila
ng mga nakahiwalay na aklat kaugnay sa asetismo
at mga pagpapalambot ng puso; bagkus tunay na
ang mga imam ng Salaf ay nagpapasok ng mga
katangiang pampag-uugali at pang-etika ng mga
Alagad ng Sunnah sa loob ng mga aklat ng
paniniwala. Pagkatapos magtatanong ka sa kanila
tungkol sa nahinuha nila mula roon at
makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil dito
hanggang sa magpahantong ka sa kanila sa paksa

ng aralin. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magsisimula ka sa estratehiya ng pagkatutong kooperatibo at maghahati-hati ka sa mga estudyante sa mga grupo, pagkatapos magtatalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtatakda ng kahulugan ng pagbubusilak at pamamaraan ng pagsasakatotohanan nito.

Pagkatapos makikipagtalakayan ka nang pasalita hinggil sa nahantong nila para magtasa sila at magpaalam sa kanila ng tumpak na sagot.

Hakbang 2

Gamitin mo ang standard method. Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahalagahan ng pagbubusilak ng sarili at pagsasaalaala rito nang sa gayon maisagawa ang paghulo ng bunga ng pagbubusilak ng sarili at ang pagpapaliwanag nito sa kanila.

Magtatalaga ka sa ilan sa mga estudyante sa pagsulat ng mga ito sa pisara.

Hakbang 3

Magdaraos ka sa wakas ng aralin ng isang bukas na dayalogo hinggil sa aralin at mga pangunahing sangkap nito.

Magsasagawa nito ang mga estudyante at mangangasiwa ka nito lamang, kasama ng pagpapanuto mo at pagsubaybay mo sa kanila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Iminumungkahi na itala ng mga estudyante sa pisara ang ilan sa mga pangunahing sangkap ng aralin at ang mga nasipi mula sa naunang dayalogo. Maaaring maipanghalimbawa ang mga sangkap na ito sa sumusunod:

Tinutukoy sa pagbubusilak ang pagdadalisay ng sarili mula sa kasamaan at kasalanan.

Naisasakatotohanan ang pagbubusilak sa pamamagitan ng dalawang bagay: ang pagdadalisay ng sarili mula sa mga sakit ng mga puso at ang pagsasakatotohanan ng Tawḥīd kay Allāh.

Ang pagbubusilak ng mga sarili ay kabilang sa mga misyon ng mga propeta - Ang pagbubusilak ay isang kadahilanan ng tagumpay.

Ang pagbubusilak ng sarili ay isang kadahilanan sa pagtamo ng mga antas na matataas.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pakikipagtuos sa Sarili.

Numero ng Layon: 4

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagbasa ng hadith na nasasaad sa aktibidad. Tatalakayin niya sa kanila ang pagpapakahulugan sa mga kahulugan ng mga bokabularyong napaloloob dito, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa paglahad ng mga kahulugan sa pamamagitan ng konteksto. Pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa pagpapaliwanag dito at ipinakakahulugan nito. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para sa pagsagot sa dalawang tanong ng aktibidad. Magtatama siya sa kanila, pagkatapos magtatala siya ng mga ito sa pisara para isulat nila sa mga aklat nila.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagbubusilak ng Sarili.

Numero ng Layon: 3

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang

pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Ang pagbabasa nang maigi ng mga sumusunod na tanong, pagkatapos ang pagsagot sa mga ito sa mga kard.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa nilang dalawa, pagkatapos titipunin ang mga kard.

Mamimili ka ng ilan sa mga ito sa isang paraang pasapalaran para sa pagtatasa nilang dalawa sa harapan ng mga estudyante para sa pagtatasa nila sa mga tumpak na pagsagot at mga maling pagsagot.

Ang pagbanggit sa pangalan ng estudyante na tagapagmay-ari ng kard at sinumang nagsagawa ng pagtutumpak dito.

PANUTO 1: (X) - ($\sqrt{}$) - ($\sqrt{}$) - ($\sqrt{}$) - (X)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Naragdagan ang estudyante ng pagkakaalam sa mga sangkap ng aralin sa pamamagitan ng pagsangguni sa isang aklat o mga lathalain o mga lecture, hanggang sa maunawaan niya ang mga ideyang iyon. Magsasadamdamin siya sa pamamagitan ng mga iyon sa kahalagahan ng pagbubusilak ng sarili, kasama ng pagpapatulong kay Allāh sa pagsasakatotohanan niyon sa pamamagitan ng pagkaligtas mula sa mga salot ng sarili at mga kasamaan nito.

Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Paraan ng Pagbubusilak ng Sarili

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang pagbubusilak - ang katinuan - ang pagpapakitang-tao).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advance Organizer - Ang mga Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Pagbubusilak ng Mortal na Sarili.

- Ang Pagsisigasig sa Pagsasaayos ng mga Kapintasan ng Sarili.

- Ang Pag-iwas ng mga Tagapigil ng Pagbubusilak ng Sarili.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng pagpapabatid sa mga estudyante ng senaryong ito: Umupo sina `Abdullāh at Muḥammad habang nag-iisip hinggil sa pagsasaayos ng lipunan nilang dalawa. Natagpuan nilang dalawa ang lunas sa sabi ni Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ لَا يُغَيِّرُ مَا بِقَوْمٍ حَتَّىٰ يُغَيِّرُوا مَا بِأَنفُسِهِمْ)

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapaiba sa anumang nasa mga tao hanggang sa magpaiba sila sa nasa mga sarili nila.} (Qur'ān 13:11) Kaya pinagpasyahan nilang dalawa ang magsimula sa pagsasaayos ng mga sarili nilang dalawa subalit silang dalawa ay nagtanung-tanong: Papaanong babaguhin ng Muslim ang sarili niya? Pagkatapos

magpapabatid ka sa kanila na ito ay ipaliliwanag sa atin ng aralin ng araw na ito at isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magsisimula ka sa estratehiya ng pagkatutong kooperatibo. Pagbabaha-bahagiin mo ang aralin sa mga bahagi at mga sangay. Pagkatapos magtatalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagbasa ng bahaging inilaan para rito.

Ang pagbibigay-linaw sa mga pamamaraan ng pagsasaayos ng sarili. Ganito para sa bawat grupo.

Ang pakikipagtalakayan nang pasalita hinggil sa nahantong nila at ang pagsulat sa pisara ng tumpak mula rito para magpatatag nito sa isip.

Hakbang 2

Gagamitin mo ang pamamaraan ng pansariling pagtanung-tanong. Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magbigay sa bawat isa sa kanila ng dalawang tanong tungkol sa ninanais niyang mapag-alaman mula sa aralin.

Itatala mo sa pisara ang mga tanong nila, pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa pagsagot sa mga tanong.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Iminumungkahi na hilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Iminumungkahi na hilingin mo sa ilan sa mga estudyante na maglahad ng isang buod ng aralin sa isang pamamaraang pasalita nang walang pagpapatulong sa mga nasulatang papel. Susuporta ka sa sinumang mahusay roon.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Paghango ng mga Kaparaanan ng Pagbubusilak.

Numero ng Layon: 1

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng unang aktibidad. Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa

pagpapaliwanag ng bawat uri ng mga kard na napalolob sa aktibidad. Hilingin mo sa bawat estudyante na gumawa ayon sa mga pampaghuhulong kakayahan nila sa paghantong sa mga kaparaanan ng tumpak na pagbubusilak sa kard. Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito, habang ipinapaliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ang pagsulat nito sa pisara para ilipat ang mga ito sa mga kuwaderno.

Ang Pagsasagawa ng Pag-aayuno

Ang Pagbibigay ng Zakāh

Ang Pag-alaala kay Allāh at ang Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang Pagsasaalaala sa Kamatayan

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagsasanay sa mga estudyante sa paghango ng mga tagahadlang sa pagbubusilak. Numero ng Layon: 4

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang mga sangkap ng aktibidad at pakaaalam niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na

grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Ang pagmamalaki, ang paglabag, ang kawalang-katarungan, ang pagpapasinungaling sa mga āyah ni Allāh, at ang pagtanggì sa katotohanan at ang hindi pagtanggap dito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Iminumungkahi ang pagsulat ng mga tanong sa pisara nang paisa-isa.

Minamagaling na hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong mula sa mga sumusunod na tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: $(\sqrt{}) - (\sqrt{}) - (X)$

PANUTO 2: Ang Tawhīd kay Allāh - ang pagsusumikap - Ang mga Libingan.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan:

Minamagaling na magbaha-bahagi ka sa mga estudyante mo sa mga grupo. Hihilingin mo sa bawat grupo ang makilahok sa pagdisenyo ng isang malaking poster na papel na naglalaman ng listahan ng mga pamamaraan ng pagsasaayos ng sarili at ng isa pang naglalaman naman ng mga tagapigil ng pagbubusilak ng sarili. Pipiliin mo ang pinakamainam sa mga poster at magsasagawa ka ng pagtatasa sa mga ito sa silid-aralan.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Gawain ng mga Puso

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ang Pag-ibig - Ang Pag-aasam - Ang Pangamba).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Kuwento - Ang Brainstorming - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng mga Gawain ng mga Puso.

- Ang Pagpapakalapit-loob kay Allāh sa Pamamagitan ng Lahat ng mga Gawain.

- Ang Katiyakan na si Allāh ay Nakababatid sa Nakalabas at Nakakubli.

- Ang Pagkilala sa Kabutihang-loob ni Allāh at mga Biyaya Niya.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa mga estudyante mo ng pagpapasimulang naririyang sa aklat saka magpabatid ka sa kanila na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagkaloob sa puso ng isang pinakamalaking kahalagahan sapagkat nagsabi siya: **{"Pansinin at tunay na sa katawan ay may isang laman na kapag umayos ay umaayos ang katawan sa kabuuan nito at kapag tumiwali ay tumitiwali ang katawan sa kabuuan nito. Pansinin at ito ay ang puso."}**

Kaya bakit naglagay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ganitong katayuan sa puso? Makipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa mga pagsagot nila, pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng estratehiya ng brainstorming, magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo, pagkatapos magtatalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtatakda ng kahulugan ng layunin at kahatulan dito.

Magtatala ang bawat grupo ng nahantungan nito sa isang panlabas na papel para sa paghahambing sa pagitan nito.

Hakbang 2

Magtatalaga ka sa ilan sa mga estudyante sa paglahad ng isang poster na naglalaman ng ilan sa mga gawain ng mga puso.

Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil dito, pagkatapos magsasabit ka ng poster na ito sa dingding ng silid-aralan.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang estratehiya ng pagkatutong kooperatibo at hihilingin mo sa bawat grupo na maghanda ng ilang tanong sa pamamagitan ng pagrepaso nito sa aralin.

Magsasagawa ka ng pagsulat ng mga ito sa isang panlabas na papel, pagkatapos magpapanuto ka sa bawat grupo sa pagbibigay ng isang tanong mula sa paghahanda nito para sa ibang grupo, na pipiliin nito mismo. Pagkatapos magsusunuran ang mga tanong sa pagitan ng mga grupo, makikinig ang mga ito sa mga iyon, at magtatasa ang mga ito ng mga iyon.

Gagamitin mo ang mga bilang kabuuran para sa mga iba pang pakikipagtalakayan. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga tanong na ito ang sumusunod:

Ano ang konsepto ng bawat isa sa: pag-ibig, pangamba, at pag-aasam?

Bigyang-kahulugan mo ang takot at bumanggit ka ng isang patunay rito.

Ano ang kahulugan ng pananalig at pagsisisi?

Linawin mo ang pamamaraan ng pagdakila sa mga sagisag ni Allāh (napakataas Siya).

Ipaliwanag mo ang kaugnayan sa pamamagitan ng pagtitiis at pagpapasalamat.

Tatanggap ka ng mga pagsagot ng mga estudyante at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga ito para makaalam sa mga aspeto ng kalabuan sa kanila at pagpapakahulugan sa mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Minamagaling na hilingin mo sa mga estudyante mo na magtala ang bawat isa sa kanila ng mga napuna niya hinggil sa aralin.

Sumasaklaw ang mga napuna sa mga pangunahing ideya na nilalaman ng aralin at ng naisagawang matutunan mula rito.

Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng isinagawa nilang pagsulat.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa Balor ng Pangamba at Pag-aasam

Numero ng Layon: 1

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak

mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Aktibidad 1: Ang pagkakasya sa pangamba nang walang pag-aasam ay nauuwi sa kawalang-pag-asa sa awa ni Allāh. Ang pagkakasya sa pag-aasam nang walang pangamba ay nauuwi sa pagkalinlang at pagkagawa ng mga pagsuway.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paghulo ng mga Gawain ng mga Puso.

Numero ng Layon: 2

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang mga āyah na nasasaad sa aktibidad sa isang grupo ng mga kard. Mamamahagi siya ng mga ito sa mga estudyante nang pasapalaran, kung saan babanggitin ng bawat estudyante ang āyah na nakatala sa kard. Tatanggap siya ng mga pagsagot ng mga estudyante kasama ng pagtatasa sa mga ito. Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa paglagay sa mga aklat nila ng tumpak na paghuhulo.

Ang mga Gawain ng mga Puso

Ang Pagtitiis

Ang Pagpapasalamat

Ang Pagpapakawagas

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Kaparaanan ng pagtamo ng kataimtiman sa pagsasagawa ng ṣalāh. Numero ng Layon: 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante upang mag-isip hinggil sa pinakamahalagang limang kaparaanang tutulong sa kanya sa pagtamo ng kataimtiman sa ṣalāh. Hilingin mo sa bawat estudyante na magbasa sa mga kaklase niya ng isinulat niya, habang ibinibigay ang pagpupuri sa pinakamainam na isinulat, sa pagkakabalangkas at sa pag-epekto. Mamili ka ng sinumang magbabasa nito sa pampaaralang pagtitipon sa umaga.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Hihilingin mo sa bawat grupo ang makilahok sa isa't isa sa mga ito para sa paglutas sa mga sumusunod na tanong:

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulongan nila sa pagsagot.

Magtatalaga ka sa bawat grupo na mamili ng isang kasapi mula rito para maglahad ng pagsagot nito, at maisasagawa ang pagtatasa rito.

PANUTO 1: (Ang Pangamba) - (Ang Takot at ang Pagsisisi) - (Ang Pagdakila sa mga Sagisag).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Minamagaling na magbaha-bahagi ka sa mga estudyante mo sa mga grupo, kung saan may lalahok na isang grupo sa paghahanda ng dayalogo tungkol sa pamamaraan ng pagdakila sa mga sagisag ni Allāh, ikalawang grupo tungkol sa kataimtiman sa ṣalāh, at ikatlong grupo tungkol sa pangamba at pag-aasam. Pagkatapos kailangan sa iyo na magsubaybay sa mga tanong at mga pagsagot na ihahanda nila. Mamili ka ng dalawa mula sa pinakamainam na grupo para sa pagganap ng dayalogong ito sa pampaaralang pagtitipon sa umaga.

Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

Ang Unang Aralin: Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (maliban sa sinumang tumanggi - paggalang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at paggalang sa kanya na kapita-pitagan ang pagpipitagan sa kanya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang mga Semantic Map).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagbibigay-halaga sa mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kalipunan Niya.

* Ang Pagkaramdam ng Pagkadakila ng Ganti sa Sinumang Nagsasagawa sa mga Karapatan ng Sugo (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pagsisigasig sa Pagtupad sa mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa mga Senaryong Pambuhay na Magkakaiba.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Hilingin mo sa mga estudyante ang paggunita ng napag-alaman nila mula sa mga naunang impormasyon tungkol sa kakanyahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ayon sa liwanag niyon, ilalahad nila ang mga inaasahan nila hinggil sa mga sangkap na maaaring ilaman sa kasalukuyang aralin. Pagkatapos isulat mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ang Pagpapatulong sa mga Semantic Map.

Maglahad ka sa mga estudyante sa pamamagitan ng isang poster sa porma at sa organisasyon ng mga sangkap ng aralin at nilalaman nito.

Pakaalamin mo ang tinataglay nila na mga naunang impormasyon tungo sa mga sangkap na iyon.

Pakaalamin mo ang mga pagsagot nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, makikipagtalakayan ang tagapagturo sa mga estudyante para maglahad ng pinakamalaking bilang ng mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Pakaaalamín niya ang mga pagtugon nila. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito sa isang pangkalahatang anyo. Pagkatapos maglalahad siya sa kanila ng isang poster na naglalaman ng mga karapatang iyon sa isang anyong nagbubuod, upang magbulay-bulay sila sa mga ito bago ng pagsuong sa pagbibigay-linaw sa mga ito at pagtalakay sa mga ito nang may pagdedetalye.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang pamamaraang pampaghuhulo (deductive) at hihilingin mo sa isa sa mga estudyante na bumanggit siya sa harap ng mga kaklase niya ng mga patunay sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Aalalay ka sa kanila sa paghuhulo ng epekto ng mga karapatang iyon sa individuwal at lipunan at sa pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magtatala ang bawat estudyante sa kuwaderno niya ng tatlong sangkap na nagpapahayag ng nahinuha niya mula sa aralin.

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng itinala nila.

Isusulat niya sa pisara ang naiiba mula rito nang sa gayon pagyamanin ng bawat isa sa kanila

ang itinala nito alinsunod sa napag-alaman niya mula sa mga sangkap na naiiba na inilahad ng mga iba.

Magsusuri ang mga estudyante sa inilahad nila na mga sangkap na inaasahan hinggil sa aralin sa sandali ng pagpapasimula para rito.

Magtatasa sila sa mga ito para magtakda sa naiibigan nilang mapag-alaman at hindi tinalakay ng aralin.

Magtatangka sila sa pagsaliksik dito at magbatid dito pagkaraan.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paglalarawan sa Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at Ganti sa mga Umiibig sa Kanya sa Araw ng Pagbangon. Numero ng Layon: 2

Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagganap sa sumusunod na aktibidad nang nagsosolo.

Maggaganyak ka sa kanila sa pagpapakamalikhain at pagpapakatatas sa paglalahad ng mga pagtugon.

Magpapalitan ang bawat dalawang estudyante ng sagot nilang dalawa para magpalitan ng mga karanasan ng pagkatuto.

Mamimili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng nahantong nila at magpapaliwanag ka sa pag-uugnay ng bawat isa sa kanila sa sagot ng iba.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pakikilahok at Pagbibigay ng mga Mungkahi. Numero ng Layon: 4

Hihilingin mo sa mga estudyante na magbukas ng aklat na pampaaralan ayon sa sumusunod na aktibidad.

Magtatalaga ka sa kanila sa pagtutulungan sa iba sa kanila sa pagsagot dito sa isang nakahiwalay na papel.

Mamimili ka ng dalawang estudyante upang magbasa ang isa sa kanilang dalawa ng aktibidad nang pasalita at sasagot naman ang ikalawa.

Susuporta ka sa pagganap nilang dalawa kung tumama silang dalawa at mamimili ka ng iba pa sa kanilang dalawa sa sandali ng pagkakamali.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga sumusunod na tanong sa mga kuwaderno nila.

Magsubaybay ka sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagdaan sa kanila. Magbigay ka ng mga tanong sa mga estudyante.

Tanggapin mo ang mga pagsagot nila sa mga ito at ibigay mo sa kanila ang pagsuportang nababagay, kasama ng pagtatakda sa gradong nababagay para sa bawat tanong.

Hilingin mo sa bawat estudyante na itumpak ang pagsagot niya at ibigay sa sarili niya ang gradong nababagay.

Magsubaybay ka sa kanila para magpakatiyak sa kaeksaktuhan ng pagtutumpak nila.

PANUTO 1: - - - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Magtalaga ka sa mga estudyante sa pagbibigay ng payo para sa paghimok sa mga tao sa paggaya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bawat anumang ipinag-utos niya at pagdakila sa

ganti sa Kabilang-buhay sa sinumang gumagawa niyon.

Ang pagsusumikap sa pag-alam sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), pag-aaral ng mga karapatang ito, at pagpapalaganap ng mga ito sa gitna ng mga pamilya nila at mga kaanib ng lipunan nila.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang kasalulaan - ang mga mahalay - ang paninirang-puri - pagmamalaki niya - nagpapatatang - pagpapasidhi).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Audio Medium na Nakarekord Dito ang mga Ayah ng Qur'ān na Nasasaad sa Aralin - Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Introduksiyong Pakuwento - Ang Pakikipagdayologo at ang Pakikipagtalakayan -

Ang mga Semantic map- Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

Ang Pag-ibig sa Sambahayan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)>

- Ang Pagbibigay-halaga sa Ilan sa mga Kainamang Natatangi sa Sambahayan ng Propeta.

- Ang Pananatili sa Pagganap sa mga Karapatan ng Sambahayan ng Propeta.

- Ang Pag-iwas sa Pagpapasidhi Kaugnay sa Sambahayan ng Propeta.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad ng sumusunod na senaryo sa mga estudyante. Narinig ni `Umar ang imām ng masjid na bumibigkas sa ṣalāh ng sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(إِنَّمَا يُرِيدُ اللَّهُ لِيُذْهِبَ عَنْكُمُ الرِّجْسَ أَهْلَ الْبَيْتِ وَيُطَهِّرَكُمْ تَطْهِيرًا)

{Nagnanais lamang si Allāh na mag-alis sa inyo ng karumihan, O Sambahayan, at magdalisay

sa inyo nang isang pagdadalisay.} (Qur'ān 33:33)

Nagtanong si `Umar sa imām matapos ng ṣalāh:
"Sinu-sino po ang Sambahayan, Shaykh? Bakit po nagtangi sa kanila si Allāh sa marangal na āyah? Mayroon po ba silang mga karapatang natatangi sa kanila?"

Pagkatapos makipagtalakayan ka hinggil sa mga pagsagot ng mga estudyante, pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Magdibuho ka sa pisara ng isang pormang pampagtutulong sumasanga sa dalawang bahagi. Ang una ay may pamagat na: "Ang Pagpapakilala sa Sambahayan ng Propeta" at ang ikalawa naman ay may pamagat na: "Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta". Talakayin mo ang dalawang paksa sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Hilingin mo sa mga estudyante ang makinig sa mga āyah ng Qur'ān na nauugnay sa mga kainaman ng Sambahayan ng Propeta sa pamamagitan ng audio medium. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa

kahulugan ng mga ito upang mapag-alaman nila ang mga pakahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang mapa ng mga patakaran at mga karapatang natatangi sa Sambahayan ng Propeta. Hihilingin niya sa kanila na magbulay-bulay sa mga ito. Pagkatapos tatalakayin niya ang mga patakarang iyon nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para magbasa ng mga pang-Qur'ān na pansaksi at mga pampropetang ḥadīth na nauugnay sa mga patakaran sa mga Sambahayan ng Propeta mula sa mga aklat nila, kasama ng pagtatalakay sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para sa paglilinaw ng iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng estratehiya ng pagtutumpak sa mga pagsasakonseptong mali, maaari sa tagapagturo na maglahad sa mga estudyante ng mga sumusunod na senaryo. Hihilingin niya na maglahad ng opinyon nila sa mga ito at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Dumudulog ang iba sa pagbisita sa mga mawsoleo ng Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hindi dahil sa pag-ibig at pagbisita subalit dala ng paniniwala mula sa kanila na ang pagbisitang iyon ay nagpapabago sa mga pagtatakda (qadr) sa kanila para maging pinakamainam.

Umiiral ang ilan sa mga sekta na nagmamagaling sa Sambahayan ng Propeta higit kina Abū Bakr at `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

* Ang Paghuhulo

- Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante na pumili ng isa sa mga sangkap ng aralin at magpahayag ng napag-alaman niya at nahinuha niya mula rito ayon sa istilo niya. Mamimili naman ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para magbigay ng mga pagtugon nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagkatig na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagtatakda ng mga

Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at Paghanggo ng Patunay sa mga Ito.

Numero ng Layon: 2

Maaari sa iyo na sumalig sa naunang pagkakaalam na taglay ng mga estudyante at humiling sa kanila na gunitain ang mga kainaman ng Sambahayan ng Propeta, na nasasaad sa mga hadith na napaloloob sa unang aktibidad. Pakaaalamin mo ang nadarama nila tungo sa kainaman ng Sambahayan ng Propeta at mga karapatan nila at tasahin mo ang mga ito, habang ipinaliliwanag sa kanila ang tamang sagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Ang Pagtugon sa Sinumang Gumawa-gawa ng Kabulaanan Laban sa Sambahayan ng Propeta.

Numero ng Layon: 6

Magpanuto ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng aktibidad. Pagkatapos ilahad mo ang mga tekstong nasasaad sa aktibidad nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng display screen at pakaalamin mo ang pagsagot dito ng bawat grupo, habang nagtatakda ng pinakamainam na grupo sa pagsusumikap sa pagtugon at mahusay na pagkakabalangkas. Takdaan mo ang pinakamainam sa mga pagkakabalangkas upang

magtala ng mga ito ang mga estudyante sa mga aklat nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang tumalakay ng mga tanong ng pagtatasa kasama ng mga estudyante alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong at ikalawang tanong, magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsagot sa dalawang ito nang nagsosolo. Pagkatapos magpapaalam siya sa kanila ng tumpak na sagot, kung saan magbibigay siya sa bawat isa sa kanila ng isang grado dahil sa pagsagot nito sa bawat pahayag. Pakaaalam ng tagapagturo ang mga grado ng mga estudyante at ang kinasadlakan nila na mga kamalian.

PANUTO 1: (✓) - (X) - (✓)

PANUTO 2: Ang mga Maybahay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) - Sina Khadījah at `Alīy - Ang Pagbabawal sa Kanila sa Pagtanggap ng Kawanggawa.

Ibigay mo ang ikatlong tanong sa mga estudyante. Mamili ka ng tatlo sa kanila para sa pagsagot ng mga sangkap ng tanong. Mamili ka ng dalawang iba pa para magtasa sa pagsagot nilang dalawa, kasama ng pagtatasa mo sa kapwa pangkat.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pag-alam sa isang anyong higit na malalim at higit na malawak sa kainaman ng Sambahayan ng Propeta sa pamamagitan ng mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat na panrelihiyon o mga alagad ng kaalaman o mga reperensiyang elektroniko; at ang pagsasadamdamin ng pag-ibig sa kanila at ang pagsisigasig sa pagganap sa mga karapatan nila, kasama ng pagpapalaganap ng mga kainamang iyon at pagpapakilala sa mga karapatan nila sa kapaligiran ng mga pamilya nila at lipunan nila.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya

Ang Panahon ng Aralin: Dalawang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang pagpapasidhi - ang pagkasuklam - ang pagpapasaklolo - ang pagkakatatamtaman - ang pagkapangalaga sa pagkakasala - ang nakalingid).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo - Kompyuter).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pakikipagdayologo at ang Pakikipagtalakayan - Ang mga Semantic Map - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagdakila sa Balor ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pagsisigasig sa Pananatili sa Pagkakatataman at Pagkapatas sa Lahat ng mga Bagay.

* Ang Pag-iwas sa Pagpapasidhi at Pagkasuklam sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at Mararangal na Sambahayan Niya.

* Ang Pagpapamalagi sa Pagpipitagan sa Sambahayan at mga Kasamahan ng Propeta at Paggalang sa Kanila.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglahad sa mga estudyante ng ḥadīth na ito: Ayon kay `Abdullāh bin Abī Awfā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Noong dumating si Mu`ādh mula sa Shām, nagpatirapa ito

sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ano ito, O Mu`ādh?" Nagsabi ito: "Dumating ako sa Shām saka nakasumpong ako sa kanila na nagpapatirapa sa mga obispo nila at mga patriyarko nila, kaya napamahal sa sarili ko na gumawa kami niyon sa iyo." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya huwag ninyong gawin."}**

Matapos magbasa ng ḥadīth, makipagtalakayan ka hinggil sa ipinahihiwatig ng ḥadīth at magpahantong ka sa kanila sa kabatiran ng pagkapanganib ng pagpapasidhi at na ito ay isang dahilan sa maraming pagkaligaw ng mga tao. Pagkatapos itala mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magdibuho ka sa pisara ng isang pormang pampagtuturong sumasanga sa dalawang bahagi. Ang una ay may pamagat na: "Ang Kahulugan ng Pagpapasidhi at Pagkasuklam" at ang ikalawa naman ay may pamagat na: "Ang mga Pagkakahayag ng Pagpapasidhi sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ng Marangal na Sambahayan Niya." Talakayin mo

ang dalawang paksa sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng mapa: "Ang mga Pagkakahayag ng Pagkasuklam sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ng Marangal na Sambahayan Niya." Hihilingin niya sa kanila ang magbulay-bulay rito, pagkatapos tatalakayin niya ang mga pagkakahayag na iyon nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Mamimili ang tagapagturo ng ilan sa mga estudyante para magbasa ng mga pang-Qur'ān na pansaksi at mga pampropetang ḥadīth na nauugnay sa mga pagkakahayag na ito mula sa mga aklat nila, kasama ng pagtatalakay sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para sa paglilinaw ng iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Sa pamamagitan ng estratehiya ng pagtutumpak sa mga pagsasakonseptong mali, maaari sa tagapagturo na maglahad sa mga estudyante ng mga sumusunod na senaryo. Hihilingin niya na maglahad ng opinyon nila sa

mga ito at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito. Ayon sa liwanag ng pag-aaral nila ng pagpapasidhi at pagkasuklam sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Dumudulog ang iba sa mga tao sa pag-aangkin na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakaaalam ng nakalingid (ghayb) na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nilikha mula sa isang liwanag.

Nagpapasaklolo ang isa sa mga kapit-bahay sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa paggaling ng mga maysakit.

Nakarinig ka ng isa sa mga hunghang na naninirang-puri sa ilan sa Sambahayan at mga Kasamahan ng Propeta.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante na pumili ng isa sa mga sangkap ng aralin, na naisagawa ang paglalahad ng mga ito sa aralin, at magpahayag ng napag-alaman niya tungkol doon at nahinuha niya mula rito sa pamamagitan ng istilo niya.

Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng mga pagtugon nila, habang ibinibigay sa kanila ang pagkatig na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa Kaibahan sa Pagitan ng Pagpapasidhi at Pagkamuhi sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan). Numero ng Layon: 2

Hilingin mo sa bawat estudyante ang pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa kuwaderno nila.

Mamimili ka ng isa sa kanila upang bumanggit ng isinulat niya at magtasa ng pagganap niya.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghango ng mga Pagkakahayag ng Etiketa sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Mula sa Marangal na Qur'ān.

Numero ng Layon: 4

Magtalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng sumusunod na aktibidad.

Ilahad mo ang tekstong qur'ānikong nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng display screen ng kompyuter.

Pakaalaman mo ang pagsagot ng bawat pangkat, habang nagtatakda na pinakamainam na

pangkat sa pagsusumikap sa paghango ng mga pagkakahayag ng etiketa sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Takdaan mo ang pinakamainam na hinango upang itala ito ng mga estudyante sa mga aklat nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Maaari sa iyo ang sumunod sa mga sumusunod na hakbang para sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa.

Hilingin mo sa mga estudyante ang pagsagot sa mga sumusunod na tanong sa mga kuwaderno nila.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga tanong.

Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila. Takdaan mo ang gradong nababagay sa bawat pagsagot.

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagtutumpak sa pagsagot niya at pagbibigay sa sarili niya ng gradong nababagay.

Magpapalitan ang mga estudyante ng mga kuwaderno nila sa isa't isa sa kanila para mapag-alaman ang kaeksaktuhan ng pagsagot at ang kaeksaktuhan ng pagtutumpak.

PANUTO 1: Ang Panunumpa sa Ngalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) - Ang Kamangmangan sa Talambuhay Niya - Maramot - Ang Pagsamba kay Allāh – Tanging sa Kanya.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan:

Ang pag-alam sa isang anyong higit na malalim at higit na malawak sa mga pagkakahayag ng pagpapasidhi at pagkamuhi sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng mga magkakaibang reperensiya, maging ang mga ito man ay mga aklat na panrelihiyon o mga alagad ng kaalaman o mga reperensiyang elektroniko; at ang pagsasadamdamin ng pag-ibig sa kanila at ang pagsisigasig sa pagganap sa karapatan niya, kasama ng pagpapalaganap ng mga pagkakahayag na iyon at pagpapakilala ng mga ito sa kapaligiran ng mga pamilya nila at lipunan nila.

**Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan
(Ang Pagkalugod ni Allāh ay**

Sumakanilang Lahat) at ang mga Karapatan Nila

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang Kasamahan - naghahangad - ang tatak nila - ang salinlahi ko - paninirang-puri - ang mga sumusunod sa kanila - namalagi - nagtatangi - kadahupan - ipinagsasanggalang - kasakiman).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Audio Medium na Nakarekord Dito ang Ilan sa mga Āyah ng Qur'ān na Nasasaad sa Aralin).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang KWL (Alam Ko - Nais Kong Malaman - Natutuhan Ko) - Ang mga Praktikal na Paglalahad - Ang Brainstorming).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsusumikap sa Pag-alam sa mga Pabatid ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila) at mga Kalagayan Nila at Pag-aaral ng mga Talambuhay Nila at ang Pagpapalaganap ng mga Ito sa Gitna ng mga Muslim.

- Ang Paggaya sa mga Maayos na Gawain ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila).

- Ang Pagdakila sa Balor ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila).

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itatala niya sa pisara ang sumusunod na pangungusap: "Siya ay ang bawat tao na nakatagpo si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sumampalataya rito, at namatay sa Islām." Mamimili siya ng isa sa mga estudyante para magbasa nito. Pagkatapos hihilingin niya sa kanila na pagbulay-bulayan ito at tuklasin ang ipinahihiwatig nito. Pakaaalamin ng tagapagturo ang mga sagot nila.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Hihiling ang tagapagturo sa bawat estudyante na magbahagi sa isa sa mga pahina ng kuwaderno sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay naglalaman ng titik K. Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng titik W. Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng titik L.

Pagkatapos hihiling siya sa kanila na maglahad ng nalalaman nila mula sa mga naunang impormasyon tungkol sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at magtala niyon sa unang lagayan. Makikipagtalakayan siya sa kanila

hinggil sa mga ito para mapag-alaman ang mga naunang impormasyon nila.

Pagkatapos magpapanuto siya sa kanila sa pagtatala ng naiibigan nilang mapag-alaman na mga impormasyon at mga ideya sa pamamagitan ng aralin, at paglalaman nito sa ikalawang lagayan.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, makikipagtalakayan ang tagapagturo sa mga estudyante para maglahad ng pinakamalaking bilang ng mga kainaman at mga karapatan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila). Pakaaalaman niya ang mga pagtugon nila at makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito sa isang pangkalahatang anyo.

Pagkatapos maglalahad siya sa kanila ng isang poster na naglalaman ng mga kainaman at mga karapatang iyon sa isang anyong nagbubuod, upang magbulay-bulay sila sa mga ito bago ng pagsuong sa pagbibigay-linaw sa mga ito at pagtalakay sa mga ito nang may pagdedetalye.

Hakbang 3

Magsisimula ang tagapagturo sa pagbibigay-linaw sa mga kainaman ng mga Kasamahan at mga karapatan nila nang magkakasunud-sunod. Sa loob niyon, maaari sa kanya na magparinig sa mga estudyante ng mga āyah ng Qur'ān na nasasaad sa

aralin, na nauugnay sa mga kainaman at mga karapatang iyon.

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante, gayon din, ng mga marangal na ḥadīth na nasasaad. Magtatalakay siya ng mga ito sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw, pakikipagtalakayan, at paglilinaw ng ipinahihiwatig ng mga ito.

Maaari sa tagapagturo na magbigay-linaw sa mga kainaman at mga karapatang natatangi sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila), habang nagpapatulong sa mga sumusunod na tanong, at makipagtalakayan hinggil sa mga ito sa mga estudyante.

PANUTO: Magbigay-patunay ka sa pagbubunyi ni Allāh sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) dahil sa mga kapuri-puring kaasalan at mga maayos na gawa.

PANUTO: Bakit ibinibilang ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) na pinakamainam sa Kalipunang Islām.

PANUTO: Ang Sampung Binalitaan ng Pagpasok sa Paraiso ay sina
(Pagkatapos maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante sa isang pormang pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga pangalan ng Sampung Binalitaan ng Pagpasok sa Paraiso.

PANUTO: Bakit kinakailangan ang pag-ibig sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila), ang pagpipitagan sa kanila, at ang pagpaparangal sa kanila?

PANUTO: Ano ang kahatulan sa pag-alipusta sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila), panlalait sa kanila, pamimintas sa kanila?

PANUTO: Bakit ibinibilang ang paninirang-puri sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) na isang paninirang-puri sa Relihiyon?

* Ang Paghuhulo

Maaari sa iyo na magpanuto sa mga estudyante sa pagkumpleto ng ikatlong lagayan mula sa mga kuwaderno nila, na nakaugnay sa pagsulat ng natutunan nila mula sa aralin sa isang anyo ng mga ideya at mga sangkap na pangkalahatan. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng itinala nila at magkomentaryo ka rito, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa mga

Katangian at mga Gawain ng mga Lumikas at mga Tagaadya. Numero ng Layon: 3

Mamamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na pampagtuturo na naglalaman ng aktibidad. Matapos ng pagwawakas nila sa mga pagsagot, titipunin mo ang mga kard at itutumpak mo ang mga ito. Pagkatapos pipiliin mo ang pinakamainam sa mga pagsagot at ilalahad mo ang mga ito sa mga estudyante para magpaalam sa kanila ng mga ito.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghango ng Kainaman ng mga Kasamahan (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Numero ng Layon: 2, 3

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbasa ng tekstong nasasaad sa ikalawang aktibidad. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para magbasa ng mga ito sa mga kaklase ng dalawang ito. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito at ipinahihiwatig ng mga ito. Pagkatapos ilahad mo sa kanila ang ikalawang bahagi sa aktibidad nang magkakasunud-sunod, kasama ng pagpili ng dalawa sa kanila para sa pagsagot sa bawat punto. Tanggapin mo ang mga pagsagot nilang dalawa, kasama ng paghahambing sa pagitan nilang dalawa para sa paghantong sa tumpak na sagot at paghiling sa lahat na magtala

ng mga ito sa kalalagyan ng mga ito sa mga aklat nila.

Ang Kalamangan ng mga Kasamahan

Ang Kalamangan ng Kaalaman ni Mu`adh Bin Jabal (Malugod si Allāh sa Kanya)

Ang Kapatawaran sa mga Nakilahok sa Labanan sa Badr (Malugod si Allāh sa Kanila)

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Sasagutin ng bawat estudyante ang mga tanong na napalolob sa aklat nang nagsosolo.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito upang magtasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante, kung saan maglalahad ang bawat isa sa kanila ng pamamaraan ng pagtatasa niya sa kaklase niya at ng natuklasan niya na mga kamalian at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Magpaalam ka sa mga estudyante sa wakas ng pang-ehemplong pagsagot upang magtama ang bawat isa sa kanila ng kamalian niya.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (X) - (✓)

PANUTO 3: (Ang Pagtuturing ng Kaibig-ibig ang Pagdalangin Para sa mga Kasamahan - Ang Pagtangi sa mga Kasamahan sa Kalipunang Islām).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang Pagsusumikap sa Pag-alam sa mga Pabatid ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila) at mga Kalagayan Nila at Pag-aaral ng mga Talambuhay Nila at ang Pagpapalaganap ng mga Ito sa Gitna ng mga Muslim.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang mga gawain - ang layunin lamang - ang paglikas niya - para sa isang kamunduhan - tatamuhin niya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Standard Method - Ang Brainstorming - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkaramdam ng Balor ng Pagpapakawagas sa Sandali ng Gawain.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Pagkapanganib ng Tiwaling Layunin sa Relihiyon ng Muslim.

* Ang Pagsisigasig sa Pagpapakawagas ng Layunin Para kay Allāh.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Humiling ang imām ng masjid ng mga abuloy para sa pagpapatayo ng isang paaralan ng pagpapasaulo ng Qur'ān. Nag-abuloy naman ang dalawa sa mga kapitbahay mo ng malaking halaga sa harapan ng mga tao. Ang layunin ng una ay na mailarawan siya ng mga kapitbahay sa pagiging mapagbigay. Ang layunin naman ng ikalawa ay na gayahin siya ng mga tao sa pagtipon ng malaking halaga.

Ano ang opinyon mo sa senaryong ito? Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang lalaki gayong silang dalawa ay nagkakawangisan sa maayos na gawain? Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil doon. Magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Italaga mo ang mga estudyante sa mabilis na pagdaan sa aralin at mga pangunahing sangkap nito.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magsulat ng mga pangunahing sangkap sa pisara.

Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga sangkap na ito at hinggil sa kahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Gagamit ka ng estratehiya ng pagkatutong kooperatibo at magbabaha-bahagi ka ng mga bahagi ng aralin sa pagitan ng ilang grupo ng mga estudyante, kung saan hihilingin mo sa bawat grupo na magbasa ng bahaging inilaan para rito.

Maglalahad ang bawat grupo ng nahantong nito sa nalalabi sa mga grupo.

Magtatasa ka sa mga pagsagot nila. Isusulat mo ang tumpak mula sa mga ito sa pisara upang maisagawa ang pagpapatatag nito sa isip ng mga estudyante.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang standard method sa pamamagitan ng pagtatalaga sa kanila sa paglista

sa mga tekstong pangkapahayagang natatangi sa layunin at epekto nito sa mga gawain.

Alalayan mo sila sa paghango sa epekto ng tiwaling layunin sa Relihiyon ng Muslim.

Magtalaga ka sa ilan sa mga estudyante sa pagsulat nito sa pisara.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hihilingin mo sa bawat grupo na magsulat ng aralin sa mga kuwaderno nila ayon sa anyo ng mga sangkap at mga ideya para sa pagpapatulong sa mga ito sa sandali ng pagrerepaso.

Hihilingin mo sa ilan sa mga estudyante na maglahad ng nahihinuha mula sa marangal na ḥadīth.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pamamaraan ng Pakikitungo sa mga Gawain sa Pamamagitan ng Tumpak na Layunin.

Numero ng Layon: 5

Maaari sa iyo na magtalaga sa bawat estudyante sa pagganap sa sumusunod na aktibidad nang nagsosolo.

Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila.

Ibibigay mo ang pagbubunyi sa mga may kakāyahan sa pagpapakamalikhain at pagpapalabas ng mga pagtugon na namumukod.

Hihilingin mo sa bawat isa sa kanila na magkumpleto ng pagsagot niya ayon sa liwanag ng nalaman niya mula sa pagsagot ng ibang estudyante.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pag-aanalisa at Pagpapakalawak.

Numero ng Layon: 5, 6

Minamaganda na mag-atang ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagganap sa sumusunod na aktibidad:

Babanggitin mo ang bawat sangkap ng mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod, sa kundisyon na pakaalaman mo ang sagot doon ng bawat pangkat, habang nagbibigay sa bawat pangkat ng gradong nababagay.

Tatakdaan mo ang pinakamataas na grupo sa grado. Susuportahan mo ang pagsagot nito sa pamamagitan ng pagsubaybay sa nalalabi sa mga grupo sa pagtutumpak nila sa mga kamalian na kinasadlakan nila.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagbasa at Paghango. Numero ng Layon: 6

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagbubulay-bulay at pagbasa sa aktibidad nang maigi at pagtatakda ng hinihiling dito nang may kaeksaktuhan. Magpapalitan ang mga estudyante sa pagitan nila ng mahahantungan nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Ang pagbasa ng mga sumusunod na tanong mula sa mga aklat nila nang maigi, pagkatapos ang pagsagot sa mga ito sa mga nakahiwalay na kard.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng kard niya sa kard ng isang kaklase niya para sa pagtatasa nito.

Titipunin mo ang mga kard, pagkatapos pipili ka ng ilan sa mga ito sa isang paraang pasapalaran para magtasa ng mga ito sa harap ng mga kaklase.

Ang pagpapaalam sa kanila ng mga tumpak na sagot at mga maling sagot.

Ang pagbanggit sa pangalan ng estudyante na tagapagmay-ari ng kard at sinumang nagsagawa ng pagtutumpak dito.

PANUTO 1: (Al-Fārūq - Lahat ng mga Gawain - Nagkakasala at Hindi Tatanggapin ang Gawa Niya).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Pagpapalakas-loob sa kanila sa pananatili sa maayos na layunin sa sandali ng pagsasagawa ng alinmang gawain kabilang sa mga gawain sa alinmang individuwal o grupo ng mga individuwal, karagdagan sa pagkakailangan ng pananatili nila sa pagpapakawagas ng layunin sa mga aktibidad na pinapayaan at pag-iwas sa bawat anumang ipinagbabawal.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagkakinakailangan ng Pagsunod sa

Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (nagpauso - nauukol sa amin - tatanggihan).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Brainstorming - Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkaramdam ng Epekto ng Paggawa ng Bid`ah sa Paglipana ng mga Pamahiin sa Lipunan.

* Ang Pagsisigasig sa Pakikipagsang-ayunan ng Gawain Palagi sa Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

* Ang Pag-iwas sa Kapangahasan Laban sa Makatotoong Batas.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo na mag-ugnay ng aralin ngayong araw sa naunang aralin. Iyon ay sa pamamagitan

ng pagpapabatid sa mga estudyante na nagdaan na sa atin sa nakalipas na aralin ang pag-aaral ng unang kundisyon para sa pagtanggap ng gawain. (Ito ay ang pagpapakawagas ng layunin kay Allāh). Ang kahulugan nito sa araling ito ay ang paglilinaw sa ikalawang kundisyon: na ang gawain ay maging nakikisang-ayon sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa pagbasa ng aralin, bilang paggunita sa naisagawang marepaso sa bahay.

Magtatalakayan ang mga grupo hinggil sa naintindihan ng mga ito, nang sa gayon makaintindi ang mayoriya ng mga kaanib ng grupo sa nilalaman ng aralin.

Hakbang 2

Maaari sa iyo na gumamit ng istilo ng brainstorming.

Magsasagawa ang mga estudyante ng paghuhulo ng pagkakaiba sa pagitan ng bid'ah at sunnah.

Hihiling ka sa ilan sa mga estudyante para maglahad ng nahantungan nila at magtala nito sa pisara.

Hakbang 3

Gagamitin mo sa mga estudyante ang estratehiya ng pagkatutong kooperatibo, kaya naman magbabaha-bahagi ka sa kanila sa mga grupo, kung saan magsasaliksik ang bawat isa sa mga ito ng isang ideyal na kaparaanan para sa pagpapalaganap ng Pampropetang Sunnah sa lipunan.

Mamimili ang bawat grupo ng isa sa grupo para sa paglalahad ng nahantong nito at pagtatasa nito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hilingin mo sa mga estudyante na magtala ang bawat isa sa kanila ng mga puna niya hinggil sa aralin, sa kundisyon na sumaklaw ito sa mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyo, mga pangunahing ideya na nilalaman ng aralin, at naisagawang matutuhan mula sa aralin.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng naisagawa nila na pagsulat nito at magtatama ka nito.

Ang mga Aktibidad

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagpapalalim ng Pagkakaalam. Numero ng Layon: 3

Iminumungkahi na basahin mo ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad sa isang tumpak na pagbasa.

Mamahagi ka sa bawat estudyante ng isang kard na naglalaman ng aktibidad.

Mamili ka ng isang bilang ng mga estudyante para maglahad sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Ang pagtatasa sa kanila kasama ng pagpapatulong sa pagtatasa sa kanila ng mga kaklase nila.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pagmamasid sa mga Bid`ah na Lumalaganap sa Lipunan at Pagpapakaalam sa mga Epekto ng mga Ito. Numero ng Layon: 6

Ilalahad mo ang sumusunod na aktibidad sa isang poster.

Hihilingin mo sa mga estudyante ang paggawa sa mga grupo para sa pagsagot dito.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante mula sa mga grupo para sa pagsagot sa poster at magtatasa ka sa kanila sa pagganap nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Ang pagsulat sa pisara ng mga sumusunod na tanong: isa kasunod ng isa pa.

Hihilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong mula sa mga sumusunod na tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: - - - -

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Paghimok mo sa mga estudyante sa pag-iwas sa mga uri ng bid`ah na ipinagbabawal. Sa kaso ng pakikipagharap ng alinman sa kanila sa isang bid`ah na sumasalungat sa isinaad ng aralin o ng pagkapasok sa mga ito dahil sa pagkakamali, magtangka siya na maglunas sa bagay na ito at magtumpak sa kinasadlakan niya na mga kamalian.

Sa pagsasaalang-alang sa pagkakaugnay ng naisagawang mapag-alam sa mga bagay-bagay na pambuhay, magtatangka ang bawat estudyante na magpalaganap ng mga impormasyon na napag-alaman niya mula sa aralin sa pamamagitan ng alinmang kaparaanang nakikita niyang nababagay, para magpaalam sa mag-anak niya at mga kaibigan niya ng natutunan niya upang magpagabay sila rito sa buhay nila.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya - matatagpuan mo Siya sa dako mo - Iniangat ang mga panulat - natuyo ang mga kalatas).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Mga Kard na Pampagtuturo - Audio Medium).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Paglutas sa mga Suliranin - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - "Mag-isip – Makipares – Makilahok").

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang pagtuon ng panalangin at pangangailangan kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

- Ang Pagkakinakailangan ng Pananalig kay Allāh (Napakataas Siya) at Pagkahumaling sa Kanya Hindi sa Nilikha.

- Ang Pagkakinakailangan ng Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda

- Ang Pagsusumikap sa Pagtamo ng Kabutihan at Paglayo sa Kasamaan.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang suliraning nauugnay sa isang taong may pinagdadaanang isang matinding krisis na pangkalusugan. Nagmungkahi sa kanya ang kaibigan niya na magsadya siya sa isa sa mga mawsoleo at manalangin sa tabi niyon dahil ang nakalibing sa mawsoleo ay magiging isang

kadahilanan daw sa paglutas ng suliranin at paglabas niya sa krisis na pinagdadaanan niya.

Pagkatapos hihilingin niya sa mga estudyante na maglinaw ng opinyon nila sa senaryo. pamamaraan ng paglunas dito, pakikitungo rito, at pag-alam sa mga pagsagot nila. Pagkatapos ipaliwanag mo sa kanila na isasagawa ang pagpapaantala ng pagtatasa sa mga pagsagot hanggang sa sandali ng pagwawakas ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Ilahad mo ang ḥadīth sa mga estudyante sa pamamagitan ng display screen. Hilingin mo sa kanila na magbasa nito nang tahimik na pagbasa at magtatangka na magnilay-nilay sa kahulugan nito, kasama ng pagtatakda ng mga mahirap na bokabularyo na haharap sa kanila. Pagkatapos basahin mo ito sa kanila at pumili ka ng dalawa sa kanila para magbasa nito sa mga kaklase nilang dalawa.

Hakbang 2

Magpakilala ka sa mga estudyante ng tagapagsalaysay ng ḥadīth na si `Abdullāh bin Al-`Abbās (malugod si Allāh sa kanya) at mga kainaman niya. Hilingin mo sa kanila na magpahayag ng naisasadamdamin nila tungo sa mga kainaman niya. Mamili ka ng dalawa sa kanila

para maglinaw ng naisasadamdamin nilang dalawa at magpahayag nito nang may pagpapaigsi. Himukin mo sila sa paggaya sa kanya sa paghahanap ng kaalaman at pagpapakahulugan sa Marangal na Qur'ān.

Hakbang 3

Ilahad mo ang ḥadīth sa isang binuod na anyo kasama ng pagpapaalam sa mga estudyante ng mga kahulugan ng mga bokabularyo na nilalaman nito, sa kundisyon na magpalakas-loob ka sa sa pakikilahok sa pagtatakda ng mga kahulugan at mga pakahulugang iyon ayon sa pagsalig sa kontekstong nasasaad dito. Mamili ka ng dalawa sa mga estudyante para maglahad ng nakuha at naintindihan nilang dalawa mula sa ḥadīth ayon sa liwanag ng pagbibigay-linaw mo rito.

Magpanuto ka sa mga estudyante sa paggawang kooperatibo para sa paghantong sa iginagabay ng ḥadīth at mga aspeto ng pagpapaunawa mula rito, kung saan magtatala sa isang panlabas na kard ang bawat grupo ng nahahantong nito. Tipunin mo ang mga kard at pakaalamin mo ang pagsagot ng mga grupo. Mamili ka ng isa sa mga estudyante upang idikta mo sa kanya ang naiiba mula sa mga aspeto ng pagpapaunawa at mga paggabay upang isulat niya ang mga ito sa pisara sa harap ng mga kaklase niya upang pagbulay-bulayan nilang lahat. ang mga ito.

Hakbang 4

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na senaryo. Ipaalam mo sa kanila na ang mga ito ay mga senaryong pambuhay na maaaring masumpungan nila. Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila hinggil sa mga ito at saklaw ng pagkakasang-ayunan ng mga ito o mga pagkakaibahan ng mga ito sa iginagabay ng ḥadīth.

May isang imām ng masjid na nakikitungo sa mga tao nang may karahasan gayong siya ay nagtuturo sa kanila ng mga nauukol sa Relihiyon nila.

May isang ginang na nagnanais na gumaling ang babaing anak niya kaya pumunta siya sa isa sa mga mawsoleo para manalangin sa tabi niyon.

May isang estudyanteng hindi nagsisigasig sa pagsasagawa ng salah at panalangin kay Allāh kundi kapag sumasapit ang oras ng pagsusulit.

May isang mangangalakal na nagkakatay ng mga hayop sa tabi ng mga mawsoleo, kung saan nagpapabiyaya siya sa pamamagitan niyon bago ng alinmang gawaing isasagawa niya.

May isang babaing dumulog sa isa sa mga manghuhula upang tumulong sa kanya sa pag-alam sa nakalingid at sa pagtatangka sa pagpapaiba nito.

* Ang Paghuhulo

Magrerepaso ang tagapagturo sa mga estudyante ng opinyon nila sa paglutas ng suliranin na nauna ang paglalahad nito sa sandali ng pagpapasimula para sa aralin. Magtatakda siya sa kanila ng saklaw ng pag-iba at pag-unlad na nangyari sa opinyon nila bago matutuhan ang ḥadīth at matapos nito.

Maaari sa iyo na magpanuto sa bawat estudyante sa pagbanggit ng isa sa mga patakaran at mga etiketa na natutunan niya mula sa ḥadīth, na kailangan sa kanya na magpatupad nito sa buhay niya at magbalangkas ng mga ito sa isang pinaigsing pangungusap. Pakaalam mo ang mga pagtugon ng mga estudyante at ibigay mo ang pagbubunyi sa pinakahigit sa kanila sa kakayahan sa mahusay na paghulo at magandang balangkas.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Pampares, Pag-uugnay sa Pagitan ng Nasaad sa Marangal na Qur'ān at sa Marangal na Ḥadīth na Pagsaway Laban sa Pagdalangin sa Iba pa kay Allāh.

Numero ng Layon: 5

Mamili ka ng isa sa mga estudyante para basahin sa mga kaklase niya ang āyah na nasasaad sa aktibidad, sa kundisyon na magtangka ang bawat isa sa kanila na mag-ugnay sa pagitan ng āyah at ng napag-alaman niya mula sa ḥadīth. Mamili ka ng dalawa sa mga estudyante para maglahad ng pagsagot nilang dalawa kasama ng paghahambing sa pagitan ng dalawang ito, habang itinatakda ang tumpak na pagsagot.

Lumalahok ang āyah at ang ḥadīth sa pagsaway laban sa pagdalangin sa iba pa kay Allāh.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo - Pagpapatupad ng Iginagabay ng Ḥadīth sa Ilan sa mga Senaryong Pambuhay. Numero ng Layon: 5, 6

Minamagaling ang pagpapatulong sa istilo ng "Mag-isip – Makipares – Makilahok" para sa pagganap ng sumusunod na aktibidad, kung saan makikitungo ang bawat estudyante sa mga senaryo na nasasaad sa aktibidad nang nagsosolo at magpapaliwanag siya ng opinyon niya sa mga ito at saklaw ng pakikipagsang-ayunan ng mga ito sa nasaad sa ḥadīth na mga panuto. Pagkatapos makikipagpalitan siya ng opinyon niya sa isang kaklase niya upang magtasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa. Pagkatapos magtutulungan ang bawat tatlo sa mga estudyante at magpapalitan sila ng mga pagsagot nila sa pagitan nila. Magsusubaybay ang tagapagturo sa

mga estudyante upang mapaglinawan ang kaeksaktuhan ng pagganap nila at ang kakāyahan nila sa tumpak na pagsagot, habang ibinibigay sa kanila ang suportang nababagay.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo ang bawat parirala mula sa mga pariralang nasasaad dito sa mga estudyante nang magkakasunud-sunod. Sa kaso ng pagkatumpak ng parirala, mag-aangat ang estudyante ng kamay niya pataas. Tasahin mo ang mga pagsagot nila habang itinatakda sa kanila ang tumpak na sagot.

PANUTO 1:))..)). ..

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot nang nagsosolo sa ikalawang tanong. Magpapalitan ang bawat isa sa kanila ng sagot niya sa sagot ng isang kaklase niya, kung saan itatama ng bawat isa sa kanilang dalawa ang sagot ng isa, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo sa bawat pangkat.

PANUTO 2: (Ang Pagsulat ng mga Itinakda) - (Ang Tagapagpakahulugan ng Qur'ān) - (Ang Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Ilahad mo sa pamamagitan ng display screen ang ikatlong tanong. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para magkumpleto ng bawat puwang mula sa mga puwang na nasasaad sa tanong. Sa kaso ng pagkakamali ng mag-aaral, ilipat mo siya sa aralin para sa pag-alam sa tumpak na pagkumpleto ng ḥadīth na nakasulat sa aklat niya.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikaapat na tanong. Mamili ka ng dalawang pangkat mula sa kanila para maglahad ng pagsagot nilang dalawa, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda ng pinakatama sa mga pagsagot upang magtama ang bawat pangkat ng kamalian nito ayon sa liwanag ng naririnig.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapagabay sa patnubay ng ḥadīth sa lahat ng mga gawain, lalo na sa nauugnay sa panalangin, pangangailangan kay Allāh – tanging sa Kanya, pananalig sa Kanya, pananampalataya sa pagtatadhana at pagtatakda, at pag-iwas sa bawat nakikisalungat sa ḥadīth at mga panuto nito.

Ang pakikipagharap sa mga pagkakahayag na nakikisalungat sa ḥadīth sa mga pag-uugali ng mga individuwal na nakapaligid. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at panuto sa kanila at pagpapaalam sa kanila ng naisagawang pag-aralan na ḥadīth.

Ang Ikawalong Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang pagpapayo - mga pinuno ng mga Muslim - madla nila - Sumampalataya ako kay Allāh - magpakuwid ka).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Ang mga Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pamamaraang Pampaghuulo - Ang Brainstorming - Ang Pakikipagdayalogo at ang Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

* Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Pananatili sa Pagpapakatuwid Para sa Pag-abot sa Kaluguran ni Allāh.

* Ang Pagbibigay-halaga sa Kahulugan ng Pagpapakatuwid at Paggawa Ayon Dito.

* Ang Pagsisigasig sa Pagtamo ng Kaalamang Napakikinabangan at ang Paghiling Nito.

* Ang Pag-iwas sa Bawat Ipinagbawal ni Allāh.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap: **"Magsabi ka: Sumampalataya ako kay Allāh, pagkatapos magpakatuwid ka."**} Hilingin mo sa kanila na pagbulay-bulayan ito. Mamili ka ng ilan sa kanila para magbigay ng komentaryo niya rito at ng umuukupa sa isip niya nang nabasa niya ito. Sa pamamagitan ng pag-alam ng mga estudyante sa katuturan ng naunang pangungusap, magpanuto ka sa bawat isa sa kanila upang itala sa kuwaderno niya ang mga sangkap at ang mga ideya na inaasahan niya na ilahad ng aralin. Isasagawa ang pagpapaantala ng pagkomentaryo hanggang sa sandali ng pagwawakas ng pagbibigay-linaw sa aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa marangal na ḥadīth sa pamamagitan ng kompyuter.

Pagkatapos buudin mo ang pambuod na kahulugan ng ḥadīth sa mga pinaikling linya.

Hakbang 2

Magsasagawa ka ng paglalahad ng aralin sa anyo ng mga tanong. Kabilang sa mga tanong na ito ang sumusunod:

PANUTO: Ano ang nalalaman mo tungkol sa tagapagsalaysay ng ḥadīth?

PANUTO: Linawin mo ang kahulugan ng pagpapakatuwid.

PANUTO: Ano ang mga daang nagpapahantong sa pag-abot sa pagpapakatuwid?

Hakbang 3

Gamitin mo ang istilo ng brainstorming sa paghulo ng sumusunod:

Ang Mahihinuha Mula sa Buhay ng Tagapagsalaysay ng Ḥadīth.

Ang Pinakamahalaga sa mga Kaparaanan ng Pagsasakatotohanan ng Pagpapakatuwid na Ipinaaanyaya ng Ḥadīth.

Ang Ilan sa mga Kasanhian ng Pagpapakatuwid sa Pananampalataya at Maayos na Gawain.

Ibigay mo sa kanila ang feedback na nababagay.

Hakbang 4

Ang Paghuhulo (Deduction):

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante ang paggunita ng ibinigay nila sa sandali ng pagpapasimula na mga ideyang inaasahang ilahad.

Mamimili siya ng ilan sa kanila para sa pagkomentaryo sa itinala nila ayon sa liwanag ng pagkakaalam nila sa nilalaman ng aralin.

Hilingin mo sa mga estudyante na magsulat ng isang pinaigsing pangungusap na nagpapahayag ng pinakamahalaga sa nahihinuha mula sa aralin.

Pakaalamin mo ang mga pangungusap ng ilan sa mga estudyante at magkomentaryo ka sa mga ito, habang nagtatakda sa pinakamahusay sa mga ito sa kaeksaktuhan at nagpapahayag.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pag-uugnay at Paghuhulo.

Numero ng Layon: 5

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na āyah ng Qur'ān sa aktibidad sa pamamagitan ng kompyuter.

Mamili ka ng isa sa mga mahusay para magbasa nito.

Talakayin mo sa kanila ang mga bokabularyo nito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag para sa paghango ng iginagabay nito.

Talakayin mo ang tanong ng aktibidad at makipagtalakayan ka sa mga estudyante ng sagot dito para magpaalam sa kanila ng tumpak na sagot sa kundisyon na magtatala nito ang bawat isa sa kanila sa aklat niya.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo. Pagsasanay sa mga Estudyante sa Paghango ng mga Kaparaanan ng Pagsasakatotohanan ng Pagpapakatuwid.

Numero ng Layon: 4

Magtalaga ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulongan sa pagganap ng sumusunod na aktibidad.

Subaybayan mo ang mga grupo para magpakatiyak sa pakikilahok ng mga kaanib ng bawat grupo.

Mamili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng ginagawa ng grupo niya.

Ang paghahambing sa pagitan nila at ang pagtatakda sa pinakaeksakto sa kanila sa pagsagot at kakayahan sa pagpili, pag-organisa, at pagsasakatuparan ng mga napakikinabangang tungkuling ito.

Himukin mo sila sa paglalahat ng isang panukala para sa pagmumungkahi ng mga kaparaanan ng pagsasakatotohanan ng pagpapakatuwid at pagtatangka ng pagpapalaganap ng mga ito sa lipunan.

Ang mga Kaparaanan sa Pagsasakatotohanan sa Pagpapakatuwid

Ang pag-iwas sa ipinagbawal ni Allāh.

Ang Paggana sa Isinatungkulin ni Allāh

Ang Maayos na Pagkakasama

Ang Pagpapamalagi sa Pagbabalik-loob at Paghingi ng Tawad

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, basahin mo ang mga pahayag na nasasaad dito nang magkakasunud-sunod at hilingin mo sa mga estudyante na mag-angat ng kamay pataas sa kaso na ang pagsagot ay naging tumpak. Magsubaybay ka sa mga pagganap ng mga estudyante para sa pag-alam sa mga kinalalagyan ng kamalian sa kanila at pagtawag-pansin sa kanila.

PANUTO 1: - -

Mamili ka ng dalawa mula sa mga estudyante na hindi nagkukusa sa paglahok sa pagsagot. Ibigay mo sa kanila ang sangkap na nasasaad sa ikalawang tanong at pakaalamin mo ang mga pagsagot nilang dalawa, sa kundisyon na magtasa sa kanilang dalawa ang mga kaklase nilang dalawa.

Magpanuto ka sa bawat tatlo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagsagot sa ikatlong tanong. Mamili ka ng tatlo mula sa pangkat para maglahad ng mga pagsagot nila kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda sa tumpak na sagot upang magtama ang bawat grupo ng kamalian nito.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad sa napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Ang pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin na mga istilo at mga kaparaanan ng pagsasakatotohanan ng pagpapakatuwid.

Ang pagsisigasig sa pagdudulot ng edukasyon sa mga kaanib ng pamilya sa pagpapakatuwid at ang pag-alalay sa kanila roon.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pagwaksi sa Pangingialam

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita: (pumapatungkol sa kanya).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Istilong

Dramatiko - Ang Tatsulok ng Pakinig - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang mga Pormang Pampagpapaliwanag).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagpapahalaga ng Individuwal sa Pumapatungkol sa Kanya.

- Ang Pagsisigasig ng Muslim sa Pagwaksi sa Hindi Pumapatungkol sa Kanya.

- Ang Paghimok sa Pamumuhunan ng Oras sa Tumutubo ng Pakinabang.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila rito. Pakaalaman mo ang mga pagtugon nila, habang ipinaliliwanag sa kanila na isasagawa ang pag-aantala ng pagtatasa sa mga pagtugon hanggang sa paglipas ng pag-aaral ng hadith.

(Napanood ng isang ginang ang kapitbahay niya habang nakaupo sa asotea ng bahay at nakikipag-usap sa babaing anak nito tungkol sa mga bagay na nauugnay sa asawa nito. Tumawag ang ginang sa kapitbahay niya tinanong ito tungkol sa mga kalagayan ng asawa ng babaing anak nito.)

Itala mo ang pamagat ng ḥadīth sa pisara at hilingin mo sa mga estudyante na pagbulay-bulayan ito.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbasa ng marangal na ḥadīth nang tahimik na pagbasa at pagsusumikap sa pag-alam sa kahulugan nito at tinutukoy nito.

Basahin mo ang ḥadīth sa mga estudyante sa isang pagbasang pang-ehemplo na nagpapahayag, kasama ng pagsasaalang-alang sa pagsasadula ng kahulugan. Pagkatapos mamili ka ng ilan sa kanila para magbasa nito sa mga kaklase nila, habang nagpapanuto sa kanila sa kaayusan at katumpakan ng pagbabasa.

Hakbang 2

Hilingin mo sa mga estudyante ang magpasigla ng naunang pagkakaalam nila tungkol sa tagapagsalaysay ng ḥadīth at pakaalaman mo ang mga pagtugon nila, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Magsigasig ka sa pagpapayaman ng pagkakaalam ng mga estudyante tungkol sa tagapagsalaysay ng ḥadīth, lalo na sa pagsaksi ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkasigasig sa Pampropetang Sunnah. Maglahad

ka niyon sa isang pormang pakuwentong mapang-akit. Ibigay mo sa mga estudyante ang pagkakataon para maglinaw ng opinyon nila sa senaryo at kung ano ang kinakailangan sa kanila na gawin sa punto ng paggaya sa mga kainaman ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya).

Hakbang 3

Ipaliwanag mo sa mga estudyante ang mga kahulugan ng mga bokabularyo ng hadith at mga panuto nito. Hilingin mo sa kanila na maghulo ng panuntunan na inaanyaya ng hadith, na sumasalamin nang positibo sa individuwal at Kalipunang Islām sa kabuuan nito. Pakaalamin mo ang mga pagtugon ng mga estudyante, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Hakbang 4

Pagbaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo, na ang bawat grupo ay binubuo ng tatlong estudyante. Magpanuto ka sa unang kaanib ng grupo sa paglilinaw ng mga resultang ibinubunga ng pagpapakaabala ng tao sa sarili niya. Ang ikalawang estudyante naman ay makikinig sa pagsagot ng kaklase niya at magbibigay rito ng mga tanong na magsasanhi rito na maglahad ng mga detalyeng higit na marami tungkol sa mga resultang iyon. Hinggil naman sa ikatlong estudyante, susubaybay siya sa pagganap ng dalawang kaklase niya at magtatala siya ng

nangyayari sa kanilang dalawa para maglahad nito sa tagapagturo.

*** Ang Paghuhulo**

Hilingin mo sa mga estudyante ang paggunita ng senaryo na naisagawa ang paglalahad nito sa sandali ng pagpapasimula para sa aralin at ang pagtatasa sa mga pagtugon nila dito ayon sa liwanag ng pagkakaalam nila sa ḥadīth. Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagtugon nila bago magdaan sa mga hakbang ng aralin at matapos nito. Magkomentaryo ka sa kanila, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Pagpapayo Ayon sa Liwanag ng Nasaad sa Aralin.

Numero ng Layon: 4

Minamagaling na mamili ka ng bawat dalawang estudyante nang magkakasunud-sunod, kung saan titindig silang dalawa sa pagharap sa mga kaklase nilang dalawa.

Maglahad ka ng bawat senaryo mula sa mga senaryong nasasaad sa aktibidad nang magkakasunud-sunod, sa kundisyon na sumalubong ka sa pagsagot doon ng bawat dalawa, kung saan magpapanuto silang dalawa ng isang payo sa pinatutungkulan ng senaryo ayon sa liwanag ng naisagawang mapag-alaman mula sa aralin.

Salubungin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante. Maghambing ka sa pagitan ng mga ito, habang nagtatakda ng pinakamainam sa mga payo at pinakahigit sa mga ito sa pag-epekto at sa pag-employo ng naisagawang matutuhan mula sa ḥadīth kasama ng pagbibigay ng pagsuportang nababagay sa mga estudyante.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagtatakda sa mga Gawaing Hindi Napakikinabangang Gawin ng mga Bahagi ng Katawan ng Tao. Numero ng Layon: 2, 3

Magpanuto ka sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulongan sa pagsagot sa aktibidad, sa kundisyon na magdisenyo ang bawat isa sa kanila ng talahanayang nasaad dito sa isang kard na panlabas at sumagot dito sa kard.

Tipunin mo ang mga kard ng mga estudyante. Magsagawa ka ng pagtatasa sa pagganap ng mga grupo nang magkakasunud-sunod kung saan maglalantad ng mga pagkapositbo at mga

pagkanegatibo ang bawat grupo sa harap ng lahat, kung saan makikinabang ang mga grupo sa pagganap ng ilan sa mga ito sa iba.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagtatakda ng Nahihinuha Mula sa Hadith.

Numero ng Layon: 2

Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante ang pagpasok sa website, ang manuod ng video clip, ang pakikipagtalakayan ng tagapagturo hinggil sa nahihinuha mula rito, at ang pagsulat nito sa pisara para ilipat ito sa mga kuwaderno nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Sasagot ang bawat estudyante sa mga tanong na nasasaad sa aklat niya sa isang anyong nagsosolo.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito kung saan magtatasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa at tutuklas sa mga kamalian ng isa. Iyon ay sa ilalim ng pagsubaybay mo sa pagtatasa ng mga estudyante sa isa't isa sa kanila at pagpapanuto sa kanila sa pamamaraan ng tumpak na pagganap.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para maglinaw ng kalikasan ng pagtatasa nila sa mga kaklase nila at ng natuklasan nila na mga kamalian at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Banggitin mo ang mga pangalan ng mga estudyante na hindi nakatuklas ang mga kaklase nila ng isang kamalian sa mga pagsagot nila. Ibigay mo sa kanila ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO 1: (Pumapatungkol sa Kanya - Pag-iingat ng oras - pagkaligtas ng Relihiyon - Pag-iingat ng Oras at Pagkaligtas ng Relihiyon - Lakas ng Memorya - Kalubusan ng Pagkaanib sa Islām - Pagsunud-sunod sa mga Balita ng mga Artista).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsisigasi sa pagpapatupad ng mga paggabay na ipinahinuha ng ḥadīth sa buhay nila at mga pakikitungo nila, na nauugnay sa pagpapahalaga sa pumapatungkol sa kanila, ang pagwaksi sa hindi pumapatungkol sa kanila, at ang pag-iwas sa kawalang-kapararakan at pangingialam sa pakikitungo sa mga ibang tao.

Magsusuri ang bawat estudyante sa reyalidad ng mga individuwal sa paligid niya at magpapakalinaw siya sa saklaw ng sigasig nila sa paggawa ng ipinaaanyaya ng marangal na ḥadīth, at sa mga pagkakahayag na negatibo na sumasalungat doon. Makikipagtalakayan siya sa mga kaanib ng pamilya niya hinggil sa mga napanood niya at nahantungan niya.

Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakarán

Ang Unang Aralin: Ang Pinahihintulutang Pagkita at ang Bawal na Pagkita

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang ipinahihintulot na hanapbuhay - ang bawal na hanapbuhay- ang pag-iimbak (hoarding) - ang panloloko - ang panunuhol).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Introduksiyong Pangkuwento - Ang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pagtuklas - Ang Brainstorming - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- * Ang Pagsisigasig sa Pinahihintulatang Hanapbuhay.

- * Ang Paglayo sa Pinahihintulatang Hanapbuhay.

- * Ang Pagtatakwil sa Lahat ng mga Anyo ng Bawal na Hanapbuhay at ang Pagpapalayo ng Loob sa mga Ito.

- * Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilalahad niya sa mga estudyante ang kuwento ng magkapatid na mangangalakal. Ang isa sa dalawa ay nagsisigasig sa pagkita ng salapi sa pamamagitan ng mga pamamaraang pinapayagan ng Batas ng Islām. Nagbebenta siya, bumibili siya, nangangamba siya kay Allāh roon, at nagsasaalang-alang siya sa karapatan Nito. Kaya naman pinagpala siya ni Allāh sa panustos sa kanya, maybahay niya, at mga anak niya. Namuhay siya sa isang buhay na nalulugod na napapanatag. Hinggil naman sa ibang kapatid, siya ay sumasalig sa pangangalakal niya sa pag-iimbak (hoarding) at patubo (interest). Iniresulta niyon ang kasagwaan ng buhay niya at pamumuhay niya at ang

kakauntian ng pagpapala sa yaman niya kaya nasira ang pangangalakal nila hanggang sa nagpahayag siya ng pagkabangkarota niya.

Isasaalang-alang ng tagapagturo ang istilong pakuwento na mahusay. Hihilingin niya sa mga estudyante ang maglinaw ng opinyon nila sa kuwento. Asahan mo ang maaaring mangyari hinggil doon ang aralin ng araw na ito.

*** Ang Paglalahad ng Aralin:**

Hakbang 1

Maaari sa iyo, sa pamamagitan ng istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuklas, na magtala sa pisara ng dalawang sumusunod na pahayag. Hilingin mo sa mga estudyante ang magbulay-bulay sa dalawang ito, sa kundisyon na humantong sila sa ipinahihiwatig ng bawat pahayag.

Ito ay pagtipon ng salapi sa pamamagitan ng mga pamamaraan at mga istilo na pinayagan ng Batas ng Islām. Kaya ano ito?

Ito ay ang pagtamo ng salapi sa pamamagitan ng mga pamamaraan at mga istilo na ipinagbabawal sa Batas ng Islām. Kaya ano ito?

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng brainstorming, magpanuto ka sa mga estudyante sa paglahad ng

mga kainaman ng ipinahihintulot na pagkita. Matapos mapag-alaman ang mga pagsagot nila at makipagtalakayan sa kanila hinggil sa mga ito, maaari sa iyo na ilahad sa kanila sa pamamagitan ng display screen ang mga epektong iyon nang magkakasunud-sunod, kasama ng paglakip sa mga ito ng mga patunay na pangkapahayagan mula sa Marangal na Qur'ān at mga ḥadīth na nagbibigay-patunay sa mga ito, ng pagbibigay-linaw sa mga patunay na iyon, at ng paglilinaw sa iginagabay ng mga iyon.

Hakbang 3

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Magpanuto ka sa bawat grupo sa pagtutulungan sa paglilinaw sa mga anyo ng bawal na hanapbuhay. Magtatala ang bawat grupo ng pagsagot nito sa isang kard. Isasagawa ang pagtipon ng mga kard para sa pag-alam sa mga pagsagot ng mga grupo at pagkomentaryo sa mga ito.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa inilahad nila, pagkatapos mamili ka ng ilan sa kanila para magbasa ng mga pamamaraang iyon. Talakayin mo ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

* Ang Paghuhulo

- Maaari sa iyo na mamahagi sa mga estudyante ng isang kard na naglalaman ng mga

sumusunod na sangkap para kumpletuhin ang mga ito. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para pakaalamin ang mga pagsagot nila. Akayin mo ang nagkakamali sa paghantong sa sagot sa pamamagitan ng pagbatid niya sa nilalaman ng aralin.

Ang ipinahihintulot na hanapbuhay ay

Ang kainaman ng ipinahihintulot na hanapbuhay ay

Ang ipinagbabawal na hanapbuhay ay

Ang mga pamamaraan ng ipinagbabawal na hanapbuhay ay

Ang papel mo matapos ng pagkaalam mo sa ipinahihintulot na hanapbuhay at ipinagbabawal na hanapbuhay ay na

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paglilinaw ng Saklaw ng Pagmamalasakit ng Batas ng Islām sa Pagkita at Paggugol at Pagsisigasig sa Pinahihintulutang Pagkita.

Numero ng Layon: 4

Itatala ng tagapagturo ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad. Pagkatapos mamili siya ng isa sa mga estudyante para magbasa nito at makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa kahulugan nito at iginagabay nito.

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa mga tanong na kaugnay sa ḥadīth sa kuwaderno nito. Mamimili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nito. Ibigay mo ang pagbubunyi sa sinumang nakakakaya na magbigay ng isang pagsagot na tumpak na nagpapahayag ng saklaw ng sigasig sa ipinahihintulot na hanapbuhay.

Dahil ang yaman ay may dalawang dako: dako ng pagkita at dako ng paggugol.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paglilinaw sa Kahatulan ng Hanapbuhay sa Ilan sa mga Senaryong Pambuhay Kasama ng Pagbibigay-katwiran Dito.

Numero ng Layon: 3

Magpanuto ka sa dalawang estudyante sa pagtutulungan sa pagganap sa ikalawang aktibidad at paglilinaw ng kahatulan sa hanapbuhay sa bawat halimbawa kabilang sa mga halimbawang nasasaad dito kasama ng pagbibigay-katwiran.

Magbasa ka ng bawat halimbawa kabilang sa mga halimbawa nang magkakasunud-sunod. Pakaalamin mo ang pagsagot ng bawat pangkat dito at ipagkaloob mo sa kanila ang gradong nababagay.

Magtakda ka ng pinakamainam na pangkat sa pagsagot. Ibigay mo ang pagbubunyi sa tagapagtaglay nito. Magtalaga ka ng isa sa mga kasapi ng pangkat sa pagbasa ng lahat ng mga pagsagot sa muli sa mga kaklase niya upang makakaya ang bawat pangkat na nagkakamali sa pagtumpak sa ikinamali nila.

Ang Halimbawa ng Hanapbuhay Ang Hatol sa Hanapbuhay Ang Pagbibigay-katwiran

Pinapanaw ang isang lalaki kaya nagbaha-bahagi ang mga anak niya ng naiwan niya sa pagitan nila. Ipinahihintulot dahil ito ay pamamana.

Nagtagubilin ang isang lalaki ng isang bahagi ng yaman niya para sa kapitbahay niya. Ipinahihintulot dahil ito ay tagubiling pinapayagan.

Kumuha ang isang manggagamot ng mga gamot mula sa ospital para sa pribadong klinika niya. Bawal dahil ito ay pang-uumit.

Hinaluan ng isang tao ang gatas ng tubig upang madagdagan ang tubo. Bawal dahil ito ay pandaraya.

Nagtatrabaho ang isang tao sa pag-aalaga ng mga hayupan at nagbebenta siya ng mga gatas ng mga ito. Ipinahihintulot Dahil ito ay pagbebenta.

Kinuha nang marahas ng isang binata ang mga ari-arian ng isa sa mga tao. Bawal dahil ito ay pangangamkam.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Para sa pagsagot sa unang tanong, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng bawat pahayag na kabilang sa mga pahayag niya nang magkakasunud-sunod. Hihilingin niya sa kanila ang mag-angat ng mga kamay nila pataas sa kaso na ang pahayag ay naging tumpak. Magsusubaybay siya sa pagganap nila at magpapanuto ang bawat nagkakamali sa pag-alam sa tama.

PANUTO 1: (X) - (X) - (✓)

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat estudyante sa pagsagot sa sumusunod na tanong nang nagsosolo at daraan siya sa kanila para pakaalamin ang mga pagsagot nila, habang

ipinapanuto ang nagkakamali sa kanila sa tumpak na sagot.

(ang pangangalakal - ang pandaraya - ang panloloko - ang pag-iimbak - ang panunuhol).

Mamimili ang tagapagturo ng dalawang estudyante kung saan isusulat ng bawat isa sa kanila sa isa ang mga patunay na pangkapahayagang hinihiling sa ikatlong tanong sa pisara. Sa sandali ng pagkakamali nilang dalawa, magtatangka silang dalawa sa paghango ng tumpak na patunay mula sa aklat.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Manggaganyak ang tagapagturo sa mga estudyante sa pananatili sa pinahihintulutang hanapbuhay upang matagpuan nila ang mga positibong epekto at ang mga katuturan ng pagkitang ito at magsadamdamin sila ng sarap ng mga bunga nito sa buhay nila.

Magpapanuto rin siya sa kanila sa paglathala ng napag-alaman nila sa aralin na mga epekto ng pinahihintulutang hanapbuhay at ipinagbabawal na hanapbuhay sa individuwal at lipunan sa balangkas ng mga pamilya nila at kapaligiran nila.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Patakaran ng Pagbebenta

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita: (ang risiko (may panganib)).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Poster na Pampagtuturo - Ang Pisara - Ang Audio Medium - Mga Larawang Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pahaka-hakang Pag-iisip (Hypothetical Thinking) - Ang Paglutas ng mga Suliranin - Ang mga Dinibuhong Simbolo - Ang mga Halimbawang Positibo at ang mga Halimbawang Negatibo - Ang Pakikipagtalakayang Panggrupo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsisigasig sa Pagsunod sa mga Patakaran ng Pagbebenta.

- Ang Pagsasadamdamin ng Responsibilidad Ipinahihintulot na Pagkita.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kadakilaan ng Islām sa Pagkilala ng Batas Nito sa mga Kundisyon

ng Pagbebenta Para Maggarantiya sa Pangangalaga sa mga Tao.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Kapatid kong tagapagturo, ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na āyah. Nagsabi si Allāh:

(وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ).

{Nagpahintulot si Allāh ng pagtitinda at nagbawal Siya ng patubo.} (Qur'ān 2:275)

Pagkatapos hilingin mo sa kanila ang magpalagay na si Allāh ay hindi nagpahintulot ng pagbebenta at gunigunihin mo ang ireresulta niyon. Salubungin mo ang mga pagsagot nila at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga ito, habang nagpapaliwanag sa kanila ng kadahilanan ng pagpapahintulot ni Allāh sa pagbebenta.

Pagkatapos itala mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na suliranin at hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila hinggil dito, pamamaraan ng pagharap dito, at pananaig dito. Sa pamamagitan ng mga pagsagot nila, ipaliwanag mo sa kanila ang kainaman ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng pamamaraan ng pagkaganap ng pagbebenta at mga kundisyon nito.

(Bumili si Hasan ng isang bahay mula sa isa sa mga tao, pagkatapos natuklasan niya na ang taong ito ay maysakit sa isip at hindi natutumpak na bumili o magbenta nang mag-isa sapagkat ang bahay ay isang sosyo sa pagitan nito at ng mga kapatid nito. Nagsagawa ito ng pagbebenta kay Hasan nang hindi ito nagpabatid sa kanila niyon. Nagsadya ang mga kapatid ng taong ito kay Hasan, na humihiling sa kanya ng pagpapawalang-bisa sa bentahang ito.)

Hakbang 2

Maglalahad ang tagapagturo, sa pamamagitan ng display screen, ng ilan sa mga dinibuhong simbolo na nauugnay sa mga kundisyon ng pagbebenta tulad ng: "isang larawan ng isang taong namumuwersa sa iba para gumawa ng isang anumang bagay - isang larawan ng isang munting batang nagbebenta ng mga tiket ng loterya," sa kundisyon na hilingin niya sa mga estudyante ang

magbulay-bulay sa mga ito at ang magtangka ng paghuhulo ng ipinahihiwatig ng bawat simbolo.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa mga pagsagot nila habang humahantong kasama nila sa mga tumpak na kundisyon para sa pagbebenta, pagkatapos bigyang-linaw mo sa kanila ang mga kundisyong iyon. Sa loob ng pagbibigay-linaw, ilahad mo sa kanila ang mga tekstong pangkapahayagang nauugnay sa mga ito sa pamamagitan ng isang poster o sa pamamagitan ng audio medium. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan ng mga ito at iginagabay ng mga ito.

Hakbang 3

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng mga sumusunod na senaryo. Hilingin mo sa kanila na maglinaw ng opinyon nila sa mga ito at magtakda ng saklaw ng katumpakan ng proseso ng pagbebenta sa mga ito at ng saklaw ng pagkakatatugon ng mga ito o kawalan ng pagkakatatugon ng mga ito sa nasaad na mga kundisyon.

May isang taong umalis para mamalengke. Nakakita ito ng isang paninda at kinuha niya at binayaran ang halaga nito nang walang pakikipag-usap sa tagapagbenta.

May isang taong umalis para bumili ng karne ng baboy.

May isang taong nagbenta ng pag-aari ng kapatid niya nang walang awtorisasyon mula rito.

May isang binatang nagbenta ng kotse niya nang walang pagpaalam sa ama niya.

May isang taong nagbenta ng produkto ng lupa bago siya mag-ani nito.

* Ang Paghuhulo

Magdisenyo ka ng isang pormang organisasyonal, sa pisara o isang poster, ng mga kundisyon ng pagbebenta. Mamili ka ng ilan sa mga estudyante, kung saan susulong ang bawat isa sa kanila papunta sa porma at maglalaman siya rito ng isa sa mga kundisyon ng pagbebenta, sa kundisyon na bibigyang-linaw niya ang kundisyon sa mga kaklase niya sa pamamagitan ng istilo niya, babanggitin niya ang tekstong pangkapahayagang nauugnay rito, at babanggitin ng bawat isa sa kanila sa isang pinaigsing pangungusap ang kinakailangang gawin sa sandali ng pagbebenta at pagbili matapos ng pagkaalam niya sa mga kundisyong iyon.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghulo ng mga Resulta

ng Pagpapatupad ng mga Patakaran ng Pagbebenta. Numero ng Layon: 2

Basahin mo sa mga estudyante ang sinabing nasasaad sa aktibidad, pagkatapos buksan mo ang pinto ng pakikipagtalakayan sa kanila para ipaalam sa kanila ang kadahilanan ng sinabing ito. Hilingin mo sa kanila na asahan ang mga resulta ng pagkakaalam ng mga mangangalakal sa mga patakaran ng pagbebenta. Magpalakas-loob ka sa kanila sa mga gawain ng mga kakayahan nilang pampaghuhulo at pampagkamalikhain para makabanggit ng pinakamalaking bilang ng mga resultang iyon.

Salubungin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante, kasama ng pag-organisa ng pakikipagdayalogo sa kanila at mga pagtugon nila. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa ilalahad nila. Buudin mo ang mga tumpak na pagsagot nila sa pamamagitan ng pagtatala ng mga ito sa pisara upang ilipat sa kalalagyan ng mga ito sa mga aklat nila.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pampares, Paghuhulo ng mga Kadahilanan ng Kawalang-saysay ng Pagbebenta sa mga magkakaibang Kaso.

Numero ng Layon: 1

Pumili ka ng bawat magkapares mula sa mga estudyante upang tumayo silang dalawa sa pakikipagharap sa mga kaklase nilang dalawa.

Basahin mo ang bawat kasong kabilang sa mga kasong nasasaad sa aktibidad sa dalawang pangkat. Hilingin mo sa bawat pangkat ang magtulungan sa pagtatakda ng kadahilanan ng kawalang-saysay ng pagbebenta sa kaso.

Salubungin mo ang pagsagot ng bawat pangkat. Ibigay mo sa mga kaklase nila ang pagkakataon para magtasa sa kasama ng pagtatakda ng pinakamainam na pagsagot. Ulit-ulitin mo ang mismong bagay sa mga ibang pangkat hanggang sa malubos ang pagwawakas ng paglalahad ng lahat ng mga kasong nasasaad sa aktibidad.

Dahil ang tagapagbenta ay hindi nagmamay-ari ng paninda.

Dahil ang ibinebenta ay hindi nalalaman.

Dahil ang pagbebenta ng mga bawal na gamot ay ipinagbabawal at kinakailangan na ang paninda ay maging pinapayagan.

Dahil ang tagapagbenta ay hindi nakatatalos.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagbanggit ng mga Halimbawang Nauugnay sa Pagsasakatotohanan ng mga Kundisyon ng Pagbebenta.

Numero ng Layon: 2

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Sasagot ang bawat estudyante sa mga tanong na nasasaad sa pagtatasa sa isang anyong nagsosolo.

Makikipagpalitan ang bawat estudyante ng sagot nito sa sagot ng isang kaklase nito kung saan magtatasa ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa at tutuklas sa mga kamalian ng isa. Iyon ay sa ilalim ng pagsubaybay mo sa pagtatasa ng mga estudyante sa isa't isa sa kanila at pagpapanuto sa kanila sa pamamaraan ng tumpak na pagganap.

Mamili ka ng ilan sa mga estudyante para bumanggit ng pamamaraan ng pagtatasa nila sa mga kaklase nila at ng natuklasan nila na mga kamalian at pamamaraan ng pagtatama sa mga ito.

Ilahad mo ang mga pangalan ng mga estudyante na hindi nagpakita ng alinmang kamalian sa pagsagot. Ibigay mo sa kanila ang pagpapalakas-loob na nababagay.

PANUTO 1: - - (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

(walang-buhay - nalalaman - pinapayagan ang pakikinabang).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pagkatuto mula sa aralin, magtatawag-pansin ang tagapagturo sa mga estudyante sa sumusunod:

Magpanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila na mga patakarán sa pagbebenta nila, pagbili nila.

Ang pagsusuri ng mga estudyante sa mangyayari hinggil sa kanila na mga senaryo ng pagbebenta, pagbili, at pagkakasakatotohanan ng saklaw ng pagkalubos sa mga kundisyon ng pagbebenta. Sa kaso ng kawalan ng pagkalubos ng mga kundisyong iyon, magtatalakayan sila sa mga pamilya nila hinggil sa paglulunas niyon.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal ng Pagbebenta

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang patubo - ang patubo ng pagkalabis - ang patubo ng pagkaantala - ang patubo ng mga utang - ang mga interes na pambangko).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo - Audio Medium - Kompyuter - Display Screen).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Paglutas sa mga Suliranin - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Mapa ng Pag-iisip - Ang mga Dinibuhong Simbolo - Ang Pagtutumpak sa mga Pagsasakonseptong Mali - Ang Pakikipagtalakayang Panggrupo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin sa Panganib ng Patubo sa Individuwal at Lipunan.

- Ang Pagtakwil sa Patubo sa mga Magkakaibang Anyo Nito.

- Ang Pananatili sa Ipinahihintulot na Pagkita.

- Ang Pagdakila sa Papel ng Batas ng Islām sa Pangangalaga sa Individuwal at Lipunan.

- Ang Pag-iwas sa Patubo at mga Pagbebang Sinasaway.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Iminumungkahi ang pagpapatulong sa istilo ng paglutas sa mga suliranin sa pamamagitan ng paglalahad ng sumusunod na senaryo sa mga estudyante at pagpapanuto sa kanila sa paglilinaw ng opinyon nila rito at kung papaano maaari ang aksiyon kung sakaling nalagay ang isa sa kanila sa lagay ng pinatutungkulan ng senaryo. Salubungin mo ang mga pagsagot nila habang tumatawag-pansin sa kanila sa pagpapaantala ng pagtatasa sa mga ito hanggang sa sandali ng pagdaan sa mga hakbang ng aralin.

(Dumanas si Sālih ng isang kagipitang pampananalapi. Nagpunta siya sa isa sa mga tao sa bayan niya para mangutang. Ang nakikilala rito ay ang maraming pagpapautang nito sa mga tao dahil ito ay may maraming yaman. Gayon pa man, ang lalaking ito ay nagpaabot sa kanya na siya ay pauutangan nito ng salapi subalit sa sandali ng pagbabayad ay magdaragdag siya sa halaga niyon ng 10%. Nalito si Sālih; tatanggapin ba niya ang alok na ito upang makakalas siya sa kagipitan niya o tatanggihan niya ito?)

- Magpahantong ka sa mga estudyante sa paksa ng aralin at itala mo ito sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Itala mo sa pisara ang sumusunod na pahayag at hilingin mo sa mga estudyante ang magbulay-bulay dito at ang maglinaw ng ipinahahayag nito sa iisang pananalita. Matapos ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa mga pagtugon nila, ipaliwanag mo sa kanila ang tinutukoy sa patubo.

(Ito ay isang ipinagbabawal na karagdagan sa ilan sa mga transaksyon. Ano ito?)

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga naghahambing na mapa ng pag-iisip, maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng dalawang uri ng patubo. Magpaalam ka sa kanila ng bawat uri mula sa dalawang ito, kasama ng paghahambing sa pagitan ng dalawang ito at paglalahad ng mga halimbawa at mga ehemplong nauugnay sa dalawang ito.

Hakbang 3

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbasa ng sumusunod na hadith. Matapos ng pagbubulay-bulay nila sa kahulugan nito, humiling ka sa kanila

na huluhin ang kahatulan sa bawat uri mula sa dalawang uri ng patubo at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil doon.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ginto ay kapalit ng ginto, ang pilak ay kapalit ng pilak, ang trigo ay kapalit ng trigo, ang sebada ay kapalit ng sebada, ang datiles ay kapalit ng datiles, at ang asin ay kapalit ng asin: [pagbabayad] sa isang tulad ng isang tulad, ng isang kapantay sa isang kapantay, ng isang kamay sa isang kamay. Kapag naman nagkaiba-iba ang mga uring ito, magbenta kayo kung papaanong niloob ninyo, kapag ito ay pagbabayad ng isang kamay sa isang kamay."**

Hakbang 4

Maaaring mapag-alaman ang opinyon ng mga estudyante sa ilan sa mga tao na nagsisigasig sa pagdeposito ng mga salapi nila sa mga bangko kapalit ng isang karagdagang tinatawag na interes. Nakukumbinsi sila sa kaligtasan niyon at na wala raw rito ang anumang dumudungis dito ayon sa Batas ng Islām. Salubungin mo ang mga opinyon nila hinggil doon, habang nagpapaliwanag sa kanila ng opinyon ng Batas ng Islām dito.

Hakbang 5

Itala mo sa pisara ang sumusunod na ḥadīth: **"Huwag magbenta ang iba sa inyo laban sa**

pagbebenta ng iba." Pagkatapos hilingin mo sa kanila ang mag-isip hinggil dito at ang magtangka ng paghantong sa pinakatanyag sa mga anyo ng mga pagbebentang sinasaway. Sa loob niyon, maaari ang magpatulong sa display screen para maglahad ng ilan sa mga dinibuhong simbolo na nauugnay roon. Iyon ay para sa pag-alalay sa mga estudyante sa paghantong sa mga pagbebentang sinasaway.

* Ang Paghuhulo

Magrerepaso ang tagapagturo kasama ng mga estudyante ng mga kalutasan ng suliranin na naisagawang mailahad sa sandali ng pagpapasimula para sa aralin, kasama ng pagpapanuto sa kanila sa pagtatasa ng bawat isa sa pagsagot niya alinsunod sa napag-alaman niya na mga ideya at mga sangkap.

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat dalawa sa kanila sa pagtulungan sa pagtatakda ng nahihinuha mula sa aralin at napag-alaman nila hinggil sa patubo at mga porma nito, sa kundisyon na magpalakas-loob ito sa kanila sa mahusay na pagbalangkas, na nagdadala ng tatak ng pagsasakatuparan at pamamaraan, at makaalam ito sa mga pagtugon ng bawat grupo, habang ibinibigay sa kanila ang pagsuportang nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pag-iisip at Paghuhulo.

Numero ng Layon: 5

Maaari sa iyo na sumalig sa naunang pagkakaalam na taglay ng mga estudyante at humiling sa kanila na gunitain ang nalaman nila hinggil sa patubo at mga pagbebentang sinasaway. Pakaaalamin mo ang mga pagtugon nila at tasahin mo ang mga ito, habang ipinaliliwanag sa kanila ang tamang sagot.

Minamagaling na magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagpapakumpleto ng pagkakaalam hinggil sa aktibidad sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga reperensiyang elektroniko para magpadagdag ng mga impormasyon, sa kundisyon na magsubaybay ka sa pagganap ng mga estudyante roon at sa nahahantungan nila sa darating na pagkikita.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghulo ng mga Epekto ng Pakikinabang sa Patubo at Pamamaraan ng Pagbabalik-loob Mula Rito.

Numero ng Layon: 4 - 5

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pakikinig sa dalawang āyah na nasasaad sa aktibidad sa pamamagitan ng audio medium. Pagkatapos mag-organisa ka ng isang panggrupong pakikipagtalakayan sa kanila para magpaalam sa kanila ng mga masagwang epekto ng pakikinabang sa patubo at ng pamamaraan ng pagbabalik-loob mula rito, kasama ng pagsalig nila, sa paglalahad nila, sa kahulugan ng dalawang āyah at iginagabay ng dalawang ito. Magpalakas-loob ka sa mga estudyante sa paghuhulong nagkakamalay at kaeksaktuhan ng paglalahad at paghahain, kasama ng pananatili ng bawat isa sa kanila sa papel niya sa pakikipagtalakayan, pakikinig niya, at pagbibigay-halaga niya sa opinyon ng iba.

1, Ang patubo ay nag-aalis ng pagpapala mula sa panustos at nauuwi sa paglaganap ng karalitaan at kawalang-trabaho.

2. Kapag nagbalik-loob ang tagapakinabang sa patubo, tunay na siya ay kukuha ng puhunan niya lamang. Hindi pinapayagan para sa kanya ang kumuha ng karagdagan doon.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagbibigay-babala Laban sa Matinding Banta sa mga Nakikipagtransaksiyon sa Patubo.

Numero ng Layon: 3 - 4

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagbasa ng ḥadīth na nasasaad sa aktibidad at pagbubulay-bulay sa kahulugan nito at paglilinaw sa iginagabay nito, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila roon at pagtugon sa mga pag-uusisa nila.

Pagkatapos hihilingin mo sa bawat estudyante ang magsulat ng isang pangungusap na nagbibigay-babala siya rito sa mga nakikipagtransaksiyon sa patubo kasama ng pagpapasaksi sa nilalaman ng marangal na ḥadīth. Magpalakas-loob ka sa mga estudyante sa pagbalangkas na nakakukumbinsi at pagbibigay sa kanila ng feedback na nababagay.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Minamagaling na ilahad mo sa mga estudyante ang unang tanong at ang ikalawang tanong. Mamili ka ng ilan sa kanila upang sumagot ang bawat isa sa kanila sa isa sa mga sangkap ng dalawang tanong, sa kundisyon na magsubaybay siya sa mga kaklase nila at magtasa naman sila sa mga pagsagot nila.

PANUTO 1: (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) - -

**PANUTO 2: (Ang Pagkamuhi - Ang Pagbabawal
- Ang Patubo ng mga Utang)**

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong nang nagsosolo. Mamili ka ng dalawa mula sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nilang dalawa kasama ng paghahambing sa pagitan nilang dalawa at pagbibigay ng pagpapalakas-loob na nababagay sa tagapagtaglay ng tumpak na pagsagot.

*** Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:**

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pagsisigasig ng bawat estudyante sa pagpapatupad ng mga patakaran na nasaad sa aralin, lalo na ng nauugnay sa pagsusumikap sa paggawang namumunga at paglayo sa pagkita na dinudungisan ng isang pagsuway, gaya ng patubo at mga magkakaibang anyo nito.

Ang pagbubulay-bulay ng bawat estudyante sa reyalidad ng mga transaksiyong pampananalapi ng mga individuwal sa paligid niya, maging sa balangkas ng pamilya niya o sa labas nito, lalo na ng nauugnay sa mga kontemporaryong anyo ng patubo. Sa kaso ng pagkakalinaw niya sa ilan sa mga negatibong bagay na nauugnay roon, maaari sa kanya na makipagtalakayan sa kanila hinggil sa

mga kadahilanan ng pagkasadlak doon at pamamaraan ng pagkaalpas mula roon.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kontrata ng Pagpapaupa

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagpapaupa - pagpapaupa kapalit ng mga kapakinabangan - katunggali nila).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo - Mga Baner na Papel).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Estratehiya ng Pag-aanalisa ng mga Punto ng Pananaw - Ang mga Balangkas ng mga Ideya - Ang Pansariling Pagtanung-tanong - Ang mga Halimbawang Positibo at mga Halimbawang Negatibo - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagdakila sa Papel ng Islām sa Pangangalaga sa mga Karapatan ng Tagapagpaupa at Upahan.

- Ang Pag-iwas sa mga Transaksiyong Ipinagbabawal.

- Ang Pananatili sa mga Kundisyon ng Pagpapaupa.

- Ang Pagkaramdam ng Kahalagahan ng Pagpapaupa Para sa Individuwal at Lipunan.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo at hilingin mo sa kanila ang opinyon nila rito at kung papaano nating mananaig sa suliranin. Pakaalamin mo ang mga pagtugon nila kasama ng pag-aantala ng pagtatasa sa mga ito hanggang sa paglipas ng mga hakbang ng aralin.

May isang mahusay na magbubukid subalit siya ay hindi nagmamay-ari ng isang lupaing masasaka niya. Sa opinyon mo, papaano maaaring ang kontrata ng pagpapaupa ay maging solusyon sa suliranin niya?

Magpaalam ka sa estudyante ng pamagat ng aralin, pagkatapos itala mo ito sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Maaari sa iyo na maglahad sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang dayagram ng mga sangkap ng aralin. Mamili ka ng isa sa mga estudyanteng namumukod upang magbasa nang may kaliwanagan ng nilalaman ng poster na mga sangkap.

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng istilo ng pansariling pagtatanung-tanong at matapos ng pagbubulay-bulay ng mga estudyante sa mga sangkap ng aralin, hilingin mo sa bawat dalawa sa kanila ang magtulungan sa pagbanggit ng pinakamalaking bilang ng mga tanong na naiibigan nilang mapag-alaman ang mga sagot sa mga ito, na inaasahan na sasagot sa mga ito ang nilalaman ng aralin. Salubungin mo ang mga tanong ng mga estudyante at itala mo ang mga ito sa pisara.

Hakbang 3

Talakayin mo ang mga sangkap ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag habang nagpapatulong kaugnay roon sa pakikipagtalakayan ng mga tanong na ibinigay ng mga estudyante, kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan para maggarantiya ng pagkakasaklaw sa mga tanong para sa lahat ng mga ideya ng aralin. Isaalang-alang mo ang mga kasanayan sa pag-empleyo ng tanong at sagot. Baka magiging kabilang sa mga tanong na ito:

PANUTO: Ipaliwanag mo ang tinutukoy sa pagpapaupa.

PANUTO: Sino ang makikinabang sa pagkontrata ng pagpapaupa: ang may-ari ng bagay na pinauupahan o ang umuupa?

PANUTO: Banggitin mo ang mga uri ng pagpapaupa.

PANUTO: Ano ang tinutukoy sa pagpapaupa kapalit ng mga kapakinabangan?

PANUTO: Ano ang mga kundisyon ng kontrata ng pagpapaupa?

Hakbang 4

Ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na pahayag, na nauugnay sa mga sangkap ng aralin. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng opinyon nila sa mga ito at ng saklaw ng kaayusan ng mga kontrata ng pagpapaupa hinggil sa mga ito. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga pagtugon nila, habang ipinaliliwanag sa kanila ang mga kundisyon ng pagpapaupa.

Umupa ang isang lalaki ng isang puwesto para magbenta ng mga alak.

Umupa si Husayn ng isang kotse mula sa isang paslit.

Umupa si `Alīy ng isang sakahan para magsaka ng isang lupang hindi niya pag-aari.

Umupa si Sa`id ng isang upahang manggagawa nang walang pakikipagkasunduan dito sa upa nito, pagkatapos binigyan niya ito ng isang kakarampot na upa.

* Ang Paghuhulo

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pagrepaso ng mga pagsagot nila sa tanong na pagpapasimula na ibinigay sa simula ng aralin at sa pagtatasa ng mga pagtugon na ibinigay nila. Mamimili siya ng ilan sa kanila para maglahad ng mga pagtugon nila at maglinaw ng saklaw ng pagkakaibahan na nangyari sa mga ito matapos ng pagdaan sa mga karanasan ng aralin, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pampares, Paghulo ng Kahatulan sa Paglabag sa mga Kundisyon ng Kontrata ng Pagpapaupa.

Numero ng Layon: 4 - 5

Ilahad mo sa mga mag-aaral ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad. Mamili ka ng isa sa kanila para magbasa nito at makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa kahulugan nito.

Magpanuto ka sa bawat dalawang estudyante sa pagtutulungan sa paghuhulo ng iginagabay ng ḥadīth, kasama ng pagsisigasig sa mahusay na pagbalangkas na nauugnay sa layon. Pakaalaman mo ang pagtugon ng bawat pangkat, habang nagtatakda ng pinakaeksaktong pangkat sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pampares, Paghahambing sa Pagitan ng Kontrata ng Pagbebenta at Kontrata ng Pagpapaupa. Numero ng Layon: 1

Mamimili ang tagapagturo ng dalawang pangkat ng estudyante, na ang bawat pangkat ay may bilang na dalawa. Hilingin mo sa dalawa ang sumulong para tumindig sa pakikipagharap sa nalalabi sa mga kaklase nilang dalawa. Magbigay ka sa bawat grupo ng isang baner; ang isa sa dalawa ay nasusulatan ng pagbebenta at ang isa pa ay nasusulatan ng pagpapaupa.

Magbigay ka ng mga anyo ng paghahambing sa pagitan ng bawat isa sa pagbebenta at pagpapaupa, nang magkakasunud-sunod, sa kundisyon na mag-isip ang bawat pangkat at magsanggunian sa pagsagot para magtakda ng tumpak na pagsagot. Sasalubungin ng tagapagturo ang pagsagot ng bawat grupo kasama ng paghahambing niya sa kanila at pagpapatulong sa paghahambing ng nalalabi sa mga estudyante sa

kanila. Sa wakas, isasagawa ang pagtatakda ng pinakamainam na pangkat sa pagsagot.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Paglilinaaw sa mga Anyo ng Kamalian sa mga Kontrata ng Pagpapapaupa.

Numero ng Layon: 2

Maaari ang pag-empleyo ng estratehiya ng mainit na silya para sa pagganap ng aktibidad, kung saan uupo ang mga estudyante sa isang porma ng isang bilog at lalagyan ng silya (ang mainit na silya) sa sentro ng bilog.

Hihiling ang tagapagturo sa apat na estudyante na maupo sa mainit na silya nang magkakasunud-sunod at magpapanuto siya sa bawat isa sa kanila sa pagbasa ng isa sa mga pahayag na nauugnay sa kontrata ng pagpapapaupa na nasasaad sa aktibidad at para mag-alam sa kamaliang nasasaad dito.

Sasalubungin ng tagapagturo at mga kaklase ang mga pagsagot ng mga estudyante. Makikipagtalakayan sila sa mga iyon hinggil sa mga ito at magkokomentaryo sila sa mga ito para sa paghantong sa kamalian at paglilinaaw ng pamamaraan ng pagtatama rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Talakayin mo ang mga tanong ng pagtatasa sa mga estudyante alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

Ibibigay ng tagapagturo sa mga estudyante ang mga sangkap ng unang tanong at ikalawang tanong. Mamimili siya ng ilan sa kanila upang sumagot ang bawat estudyante sa isa sa mga sangkap. Sa kaso ng pagkakamali ng isa sa kanila, mamimili siya ng iba upang magtama sa kamalian ng kaklase nito.

PANUTO 1: (X) - (X) -

PANUTO 2: (Pinahihintulutan - Walang-saysay - Ang Upa).

Magtutulungan ang bawat dalawang estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong, sa kundisyon na sumagot ang bawat isa sa kanilang dalawa sa isa sa dalawang sangkap nito at magsubaybay sa kanya ang iba. Mamili ka ng tatlong pangkat mula sa kanila para maglahad ng mga pagsagot nila at naisagawa ng bawat pangkat, kasama ng paghahambing sa pagitan nila at pagtatakda ng pinakatama sa mga pagsagot upang magtama sa nalalabi sa mga pangkat ng nangyari sa mga ito na mga pagkakamali.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagpapanuto sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pagbibigay-kamalayan sa kanila sa pananatili sa mga patakaran ng Batas ng Islām sa pagpapaupa.

Ang pagsubaybay sa reyalidad ng lipunan nila, ang paglunas sa mga kamalian na baka nasasadlak sa mga ito ang ilan sa mga kamag-anak o mga kaibigan kaugnay sa mga patakaran ng pagpapaupa, at ang pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa paglilinaw sa mga patakarang iyon at mga kundisyon upang magpatupad sila ng mga ito.

Ang Ikalimang Aralin: Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang tarheta ng agarang kaltas (debit card) - ang tarheta ng pagtitiwala at ipinagpalibang kaltas (credit card) - ang segurong komersiyal - ang segurong pandamayan (kooperatiba) - ang pagbebenta nang pahulugan - ang kalakalang digital).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawan na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Prognosis - Ang mga Semantic Map - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Istilo ng Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagbibigay-halaga sa Pagkaunawa sa Batas ng Islām Para sa mga Kaganapan at mga Usapang Kamakailan.

- Ang Pagdakila sa Pumapatungkol sa Pinahihintulutang Hanapbuhay.

- Ang Pag-iingat Laban sa Pandaraya at Panlalamang sa Iba.

- Ang Pagsisigasig sa Paghahanap ng Pinahihintulutan sa Lahat ng mga Transaksiyon.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay sa pagitan ng kasalukuyang aralin at naunang aralin alinsunod sa sumusunod: Gunitain mo kasama ng mga estudyante ang inilahad sa kanila sa dalawang naunang aralin na pag-alam sa paksa ng patubo at mga pagbebentang sinasaway at mga patakaran ng pagpapaupa. Pakaalaman mo ang mga pagsagot

nila at hilingin mo sa kanila ang maghintay para sa paghahambing sa pagitan ng nabanggit nila at ng isasagawa ang paglalahad sa pamamagitan ng aralin ng araw na ito.

Pagkatapos ipabatid mo sa kanila na lumaganap na ang mga bagong sistema sa modernong ekonomikong reyalidad. Kaya naman kailangan sa atin na mag-aral ng mga ito upang malaman natin ang saloobin ng Batas ng Islām sa mga ito. Sa araling ito, mag-aaralan tayo ng lima sa mga ito. Pagkatapos itala mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang mapa ng pinakamahalaga sa mga anyo ng mga kontemporaryong transaksyon. Hihilingin niya sa kanila ang magbulay-bulay sa mga ito, kung saan magbibigay ang bawat isa sa kanila ng dalawang tanong sa bawat anyo kabilang sa mga anyong ito, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito liliwanag ang mga ito at matutuklasan sa kanila ang nauugnay sa mga ito na mga impormasyon.

Sasalubungin ng tagapagturo ang mga tanong ng mga estudyante at magtatala siya ng mga ito sa isa sa dalawang gilid ng pisara.

Hakbang 2

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa mga tanong na ibinigay ng mga estudyante sa naunang hakbang kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga pangkaragdagang tanong. Baka magiging kabilang sa mga ito ang mga sumusunod na tanong:

PANUTO: Linawin mo ang kahatulan sa paggamit ng mga bank card.

PANUTO: Ilahad mo ang kaibahan sa pagitan ng kahatulan sa segurong komersiyal at sa segurong pandamayan (kooperatiba).

PANUTO: Linawin mo ang kahatulan sa pagbebenta nang pahulugan (installment).

PANUTO: Ipaliwanag mo ang pinakamahalaga sa mga patakaran ng kalakalang digital.

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo sa mga estudyante ang balor ng paghahanap ng pinahihintulutang Hanapbuhay sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, kasama ng paglalahad ng mga teksto na kumakatig sa pagkasaklaw ng Batas ng Islām sa mga kaganapan at mga kamakailang pangyayari at ng pagbibigay-linaw sa mga ito para sa paglilinaw ng iginagabay ng mga ito. Iyon ay sa pamamagitan ng display screen.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magdidibuho ang tagapagturo sa pisara ng isang bilog. Isusulat niya sa loob nito: Ang mga Paggabay at ang mga Pagpapanuto. May lalabas mula rito na ilang pointer. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang sumulat sa tabi ng bawat pointer ng isa sa mga paggabay at pagpapanuto na natutunan mula sa aralin, na kinakailangan na ipatupad niya sa buhay niya, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa mahusay na pagbalangkas na nakakukumbinsi.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Paghatol sa Pagbibigay-katwiran sa Ilan sa mga Transaksiyon. Numero ng Layon: 1, 2, 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng

pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Ang Hatol Ang Pagbibigay-katwiran

Bawal Dahil ito ay kabilang sa mga anyo ng segurong komersiyal, na ipinagbabawal.

Pinapayagan Dahil ito ay pagbebenta nang pahulugan, na pinapayagan.

Pinapayagan Dahil ito ay kabilang sa mga kontrata ng mga pag-aabuloy.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paghahambing sa Pagitan ng Tarheta ng Agarang Kaltas (Debit Card) at Tarheta ng Pagtitiwala (Credit Card). Numero ng Layon: 1

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng unang aktibidad. Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pagpapaliwanag ng bawat uri ng mga kard na napaloloob sa aktibidad. Hilingin mo sa bawat estudyante ang paggawa ayon sa mga pampaghuhulong kakayahan nila sa paghantong sa mga kaparaanan ng tumpak na pagbubusilak sa kard. Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito, habang ipinapaliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ang pagsulat nito sa pisara para ilipat ang mga ito sa mga kuwaderno.

Ang Tarheta ng Agarang Kaltas (Debit Card): Ang mga ito ay mga bank card na naglalagay sa mga ito ang may-ari ng mga ito ng isang deposito ng salapi. Maaari sa kanya na mag-withdraw nito o bumili mula rito kailanman niya loobin, nang walang posibilidad ng pagpapautang sa may-ari nito. Ang Tinutukoy Rito Ang Anyo ng Paghahambing Ang Hatol Dito: Pinapayagan.

Ang Tarheta ng Pagtitiwala at Ipinagpalibang Kaltas (Credit Card): Ang mga ito ay mga bank card na makakaya ng may-ari ng mga ito ang mag-withdraw mula sa deposito niya kasabay ng pagpayag sa pagpapautang sa kanya sa isang yugto ng panahon.

Ang Hatol Dito: Hindi Pinapayagan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Maaari sa iyo ang magbaha-bahagi sa mga estudyante sa mga grupo. Hilingin mo sa bawat grupo ang magtutulongan sa pagsagot sa mga tanong.

Magsubaybay ka sa mga pagsagot ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagdaan sa kanila para magsubaybay sa pagganap nila at para

maggarantiya ng paglahok nilang lahat sa pagsagot.

Tipunin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga grupo sa pagsagot.

Makipagtalakayan ka nang pasalita sa mga estudyante hinggil sa mga tanong para ipaalam sa kanila ang tumpak na sagot.

Ibigay mo sa mga grupo ang feedback na nababagay at hilingin mo sa kanila ang magsusog sa mga pagsagot nila at magwasto sa mga ito sa pamamagitan ng napag-alaman nila na mga pagtugon sa pakikipagtalakayan.

PANUTO 1: (X) - - (X).

PANUTO 2: Ang Segurong Komersiyal - Kontrata ng Pag-aabuloy.

PANUTO 3: Dahil sa pagkapaloob nito sa pagkapangkalahatan ng sabi ni Allāh:

(وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَا)

{Nagpahintulot si Allāh ng pagtitinda at nagbawal Siya ng patubo.} (Qur'ān 2:275)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Alinsunod sa naisagawang pag-aaral, minamagaling ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa sumusunod:

Ang pananatili sa anumang kinilala ng Batas ng Islām, ang saloobin nito sa mga uri ng mga kontemporaryong transaksyon, at ang pagpapanuto sa pinakamaganda sa alinmang individuwal na kabilang sa mga nakapaligid sa kanila kapag sumasalungat ito sa Batas ng Islām kaugnay sa mga uring iyon at mga patakaran nito.

Ang pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa paggawa ng mga baner o mga panuto sa mga pahina nila sa social media para magpaalam sa mga kaibigan nila ng napag-alaman nila na mga patakaran ng mga kontemporaryong transaksyon sa aralin para magpalaganap ng pagkakaalam at mga impormasyong panrelihiyong tumpak.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Patakaran ng Pag-aasawa

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(pagkaisinasabatas ng pag-aasawa - mag-asawa kayo - ang waliy - ang dote - ang pagsaksi).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Poster na Pampagtuturo - Ang Pisara - Audio Medium - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Prognosis = Ang Brainstorming - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo - Ang Paglutas sa mga Suliranin = Ang mga Semantic Map - Ang Mainit na Silya).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagdakila sa mga Patakaran ng Islām at mga Katuruan Nito.

- Ang Paghimok sa Pananatili sa mga Kundisyon ng Pagdaraos ng Kasal.

- Ang Pagsasadamdamin ng Kasanhian ng Batas ng Islām sa mga Pagbabatas ng Pag-aasawa.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Itala mo sa pisara ang pamagat ng aralin at hilingin mo sa mga estudyante ang magbigay ng tatlong sangkap na naiibigan nilang mapag-alaman sa pamamagitan ng aralin, sa kundisyon na magtala ang bawat isa sa kanila sa kuwaderno niya ng mahahantong niya na mga sangkap. Isasagawa ang pagpapaantala ng pag-alam at pagtatasa ng mga sangkap na iyon hanggang sa sandali ng pagwawakas ng mga hakbang ng aralin.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Magpapanuto ang tagapagturo sa mga estudyante sa pakikinig sa sumusunod na āyah sa pamamagitan ng audio medium. Hilingin mo sa kanila ang magbulay-bulay rito at ang maghulo ng ipinahihiwatig dito. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng pagkaisinasabatas ng pag-aasawa.

Nagsabi si Allāh:

(فَانكِحُوا مَا طَابَ لَكُمْ مِنَ النِّسَاءِ مَثْنَى وَثُلَاتٍ وَرُبْعَ)

{ay mag-asawa kayo ng naging kaaya-aya para sa inyo na mga babae: dalawahan o tatluhan o apatan.} (Qur'ān 4:3)

Hakbang 2

Sa pamamagitan ng sesyon ng brainstorming, hahantong ang mga estudyante sa kasanhian ng pagbabatas ng pag-aasawa. Magpalakas-loob ka sa mga pampagpapakamalikhaing kakayahan nila sa pagbibigay ng pinakamalaking bilang ng mga pagtugon kasama ng pagsasarisari sa mga ito at pamumukod-tangi ng mga ito. Matapos ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa ibinigay nila, maglahad ka sa kanila ng isang poster na

naglalaman ng mga tagapagbigay-matuwid sa pagbabatas ng pag-aasawa at kasanhian nito.

Hakbang 3

Hilingin mo ang paglilinaw ng opinyon ng mga estudyante hinggil sa sumusunod na suliranin. Gumawa ka mula sa mga pagsagot nila ng isang pagsisimulan para sa pagpapakilala sa kanila ng mga kundisyon ng pag-aasawa.

(Nagnais ang isang ama na ipakasal ang babaing anak nito sa pinsan kaya nga lamang siya ay tumutol dahil siya ay nagtuturing sa pinsan na tulad ng kapatid niya subalit ang ama niya ay pumilit sa kanya sa pagpapakasal sa pinsan niya upang hindi magalit ang kapatid nito.)

Hakbang 4

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang mental map ng mga kundisyon ng katumpakan ng pag-aasawa. Talakayin mo ang bawat kundisyong ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, habang ibinibigay ang pagkakataon sa mga estudyante para maglahad ng mga pag-uusisa nila hinggil sa malabo sa kanila.

* Ang Paghuhulo

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagrepaso ng mga sangkap na ibinigay nila sa sandali ng pagpapasimula, na ninais nila na mapag-alaman ang nilalaman ng mga ito sa

pamamagitan ng pagpapasimulang ito. Magtatasa sila sa saklaw ng pagkalubos ng aralin para sa mga sangkap na iyon. Sa kaso ng pagkakaroon ng mga sangkap na hindi naharap ng aralin, magkaloob ka sa kanila ng mga magkakaibang reperensiya na masisiyasat nila upang mapag-alaman ang mga ito.

Hihilingin ng tagapagturo sa bawat estudyante na mamili ng isa sa mga sangkap ng aralin, pagkatapos magbigay-linaw rito nang maigsi. Magpalakas-loob ka sa pasalitang pagtupad ng mga estudyante at katigan mo ang tiwala nila sa mga sarili nila sa sandali ng paglalahad.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Paghahalaga sa Ilan sa mga Usaping Nauugnay sa Pagdaraos ng Kasal. Numero ng Layon: 2

Minamagaling ang pag-empleyo ng estratehiya ng mainit na silya para sa pagganap ng aktibidad, kung saan uupo ang mga estudyante sa isang porma ng isang bilog at lalagyan ng silya sa sentro ng bilog.

Hihiling ang tagapagturo sa tatlong mag-aaral na maupo sa mainit na silya nang magkakasunud-

sunod at magpapanuto siya sa bawat isa sa kanila sa pakikinig sa isa sa mga usapin ng aktibidad kasama ng paglilinaw sa hatol niya sa mga ito at pagbanggit sa pagbibigay-katwiran.

Makikipagtalakayan ang tagapagturo sa mga estudyante hinggil sa mga sagot ng mga kaklase nila para sa paghantong sa tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Ang Paghango ng Patunay sa mga Kundisyon ng Kasal.

Numero ng Layon: 1, 2

Itala mo sa isang kard ang bawat teksto mula sa mga tekstong nasasaad sa aktibidad, pagkatapos magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagpili ng isa sa mga kard nang pasapalaran, pagbasa ng tekstong nasasaad dito, at kakayahan ng kundisyon ng kasal na ipinahihiwatig nito.

Mamili ka ng isa pang mag-aaral para magtasa ng pagsagot ng kaklase niya at maglinaw sa saklaw ng pagkasang-ayon o pagkaiba sa kanya. Makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga tumpak na sagot upang magtala sila ng mga ito sa kalalagyan ng mga ito sa mga aklat nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Magbaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo. Magbigay ka sa bawat grupo ng isang numero. Hilingin mo sa bawat grupo ang magtutulongan sa pagsagot, sa kundisyon na sumagot ang bawat kaanib sa loob ng grupo sa isa sa mga tanong at magsubaybay naman sa kanya ang dalawang kaklase niya at magpanuto silang dalawa sa kanya.

Mamili ka ng dalawang grupo nang pasapalaran, kung saan ang isa sa mga grupo ay magiging pang-individuwal at ang isa pa ay magiging pampares, upang maglahad ang bawat grupo ng pagsagot nito. Maghambing ka sa pagitan ng dalawa, habang nagtatakda ng pinakatama sa dalawa sa pagsagot.

PANUTO 1: - (X) -

PANUTO 2: (Dalawang Lalaking - Ang Pagkakaibahan ng Relihiyon - Walang-saysay).

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Magbubulay-bulay ang bawat estudyante sa reyalidad ng pagpapatupad ng mga patakaran ng pag-aasawa sa mag-anak niya upang mapag-alaman niya ang saklaw ng pagsunod nila sa mga

patakarang iyon. Pagkatapos makikipagtalakayan siya sa mga kaanib ng pamilya niya hinggil sa mga nasaksihan niya at nahantong niya, habang nag-aalam ng opinyon nila rito.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagsasamang Pangmag-asawa

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang pagsasama - ang pag-aaruga - ang bigay-kaya - ang paggugol).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Kompyuter - Display Screen - Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Advanced Organizer - Ang Semantic Map - Ang Pagkatutong Kooperatibo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagdakila sa mga Patakaran ng Islām.
- Ang Pagsisigasig sa Pagsunod sa mga Karapatan ng Asawa.
- Ang Pagsasadamdamin ng Kainaman ng Pagpapaumanhin sa mga Mali.

- Ang Kumpletong Pananampalataya sa mga Magandang Kaasalan.

- Ang Pag-iingat Laban sa Kasagwaan ng Pagtrato sa mga Maling Senaryo at Pagkukulang.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Gunitain mo kasama ng mga estudyante ang pinakamahalaga sa mga patakaran ng pag-aasawa, na natutunan nila sa naunang aralin. Pagkatapos ipabatid mo sa kanila na ang pag-aasawa, upang magtagumpay, ay hindi makaiiwas na magsagawa ang bawat isa sa mag-asawa ng pagganap ng mga karapatan ng kabiya. Malalaman natin ang mga karapatang iyon sa aralin sa araw na ito. Pagkatapos itala mo ang pamagat nito sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng isang mapa ng pinakamahalaga sa mga karapatan ng asawa sa maybahay niya. Hihilingin niya sa kanila ang magbulay-bulay sa mga ito, kung saan magbibigay ang bawat isa sa kanila ng isang tanong tungkol sa bawat karapatang kabilang sa mga karapatang ito, na sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito liliputan ang

mga ito at matutuklasan sa kanila ang nauugnay sa mga ito na mga impormasyon.

Sasalubungin ng tagapagturo ang mga tanong ng mga estudyante at magtatala siya ng mga ito sa isa sa dalawang gilid ng pisara.

Hakbang 2

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa mga tanong na ibinigay ng mga estudyante sa naunang hakbang kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan, na maglilinaw sa pamamagitan ng pagsagot nito ang mga impormasyong nauugnay sa pinakamahalaga sa mga karapatan. Baka magiging kabilang sa mga ito ang mga sumusunod na tanong:

PANUTO: Ano ang pinakamahalaga sa mga karapatan ng asawa sa maybahay niya?

PANUTO: Linawin mo ang karapatan ng maybahay sa asawa niya.

PANUTO: Banggitin mo ang ilan sa mga patunay sa mga karapatan ng mag-asawa.

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo ang mga anyo ng kagandahan ng pagsasamang pangmag-asawa sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, kasama ng pagbibigay-linaw sa

mga teksto na kumakatig sa katayuan nito at mga larangan nito, at ng paglililaw sa iginagabay nito. Iyon ay sa pamamagitan ng display screen.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magdidibuho ang tagapagturo sa pisara ng isang bilog. Isusulat niya sa loob nito: Ang mga Paggabay at ang mga Pagpapanuto. May lalabas mula rito na ilang pointer. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang sumulat sa tabi ng bawat pointer ng isa sa mga paggabay at pagpapanuto na natutunan mula sa aralin, na kinakailangan na ipatupad niya sa buhay niya, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa mahusay na pagbalangkas na nakakukumbinsi.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagbibigay ng Payo.

Numero ng Layon: 1

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng unang aktibidad. Mamili ka ng isang estudyante kasunod ng isa pa para

magbasa sa mga kaklase nila ng mga senaryo ng aktibidad.

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante hinggil sa pagpapaliwanag ng bawat saloobin. Humiling ka sa bawat estudyante na gawin ang mga pampaghuhulong kakayahan niya sa paghantong sa tamang pagpapayo at pagbibigay-katwiran. Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito habang ipinaliliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ng pagsulat ng mga ito sa pisara para ilipat sa mga kuwaderno.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Pagpapaliwanag ng Balor ng Pagkakasundo ng Mag-asawa.

Numero ng Layon: 4

Ang pagpapanuto sa bawat estudyante sa pagsulat ng isang talumpati at pagbibigay nito tungkol sa pagpapakasundo sa mag-asawa, pangangalaga sa pamilya, estabilidad nito, at paglilinaw sa mga karapatan ng bawat isa sa mag-asawa, kasama ng pag-empleyo ng mga patunay at mga tekstong pangkapahayagan hinggil sa mga ito. Iyon ay ayon sa liwanag ng napag-alaman niya mula sa aralin. Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante upang magbigay ng talumpati niya sa

mga kaklase at magsusuporta ka sa sinumang nagpakahusay sa pagbibigay ng talumpati.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng dalawang tanong sa pisara, isang tanong kasunod ng isa pang tanong.

Minamagaling na hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong na kabilang sa dalawang tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

Iminumungkahi na humiling ka sa nagkamali sa kanila na bumalik sa nilalaman ng aralin para basahin ito at hanguin ang tumpak na sagot mula rito.

PANUTO 1: Ang Pananatili sa Bahay - Ang Pag-iingat sa Ari-arian ng Asawa - Gumawa Siya ng Maganda sa Maybahay.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan ng:

Magdidisenyo ang mga estudyante ng dalawang pormang nagtitipon sa mga karapatan ng maybahay sa asawa niya at mga karapatan ng asawa sa maybahay niya. Isasagawa ang paglalathala ng dalawang ito sa mga social media.

Ang Ikawalong Aralin: Ang mga Patakaran ng Diborsiyo

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(Ang Diborsiyong Pambalikan - Ang Diborsiyong Naghihiwalay - Ang Diborsiyong Tahasan - Ang Diborsiyong Pasaring - Ang Diborsiyong Ipinatupad - Ang Diborsiyong Isinalalay).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Poster na Pampagtuturo - Mga Kard na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Palaisipang Pampagtuturo - Ang Prognosis - Ang mga Senaryong Pambuhay - Ang mga Kontradiksiyon - Ang Paglutas sa mga Suliranin - Ang Komplemento - Ang Relationships Network Analysis).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kasanhian ng Pagkaisinasabatas ng Diborsiyo.

- Ang Pag-iingat Laban sa mga Kamaliang Nauugnay sa Diborsiyo.

- Ang Pag-iwas sa Pagwawalang-bahala sa Nauukol sa Diborsiyo.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magbigay ka ng mga sumusunod na pahayag nang magkakasunud-sunod. Hilingin mo sa kanila, matapos ng bawat pahayag, ang pagbanggit ng ipinahihiwatig nito. Sa kaso ng kawalan ng pagkakaalam nila, isasagawa ang paglipat sa kasunod na pahayag hanggang sa humantong sila sa pananalita ng diborsiyo.

Nagsabatas nito si Allāh kapag nag-imposible ang pagsasama ng mag-asawa.

Naglagay nito ang Batas ng Islām sa kamay ng lalaki.

Maaari sa babae na humiling nito para maalís ang kapinsalaan sa kanya.

Magpaalam ka sa estudyante ng pamagat ng aralin, pagkatapos itala mo ito sa pisara.

* Ang Paglalahad ng Aralin:

Hakbang 1

Ayon sa liwanag ng pagdaan ng mga estudyante sa hakbang na pampagpapasimula para sa aralin, hilingin mo sa kanila ang magsagawa ng prognosis sa maaaring lamanin ng aralin na mga sangkap. Pakaalaman mo ang mga pagtugon nila, pagkatapos maglahad ka sa kanila ng isang poster na pampagpapaliwanag na naglalaman ng mga pangkalahatang sangkap ng aralin upang maghambing sila sa pagitan ng ibinigay nila na mga pagtugon at nilalaman ng poster.

Hakbang 2

Ilahad mo sa mga estudyante ang dalawang sumusunod na senaryo. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng ipinahahayag ng dalawang ito na uri ng diborsiyong pambalikan at uri ng diborsiyong naghihiwalay, habang ipinaliliwanag sa kanila ang konsepto ng bawat uri mula sa dalawang ito at ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang ito.

Diniborsiyo ng isang lalaki ang maybahay niya. Pagkatapos nagsisi siya at nagpanumbalik siya

rito sa piling niya nang walang isang bagong pagdaraos ng kasal.

Diniborsiyo ng isang lalaki ang maybahay niya subalit siya ay hindi makakakaya na magpanumbalik dito sa piling niya malibang matapos na mag-asawa ito ng ibang lalaki.

Hakbang 3

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na senaryo. Hilingin mo sa kanila ang mag-isip-isip kaugnay rito at magtakda ng saklaw na pagkaganap ng diborsiyo sa senaryong ito, kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil dito habang ipinaliliwanag sa kanila ang pagkakaiba sa pagitan ng diborsiyong tahasan at diborsiyong pasaring.

(Nakipagbangayan ang isang lalaki sa maybahay niya. Pagkatapos humiling siya rito na pumunta sa bahay ng mag-anak nito. Pumunta naman ang maybahay habang ito ay nag-aakala na diniborsiyo ito ng asawa kaya nagsabi rito ang ama nito: "Tunay na ang sinabi ng asawa ay hindi isang diborsiyong tahasan.")

Hakbang 4

Ilahad mo sa mga estudyante ang sumusunod na parirala. Hilingin mo sa kanila ang pagkumpleto nito sa isang tumpak na anyo. Pagkatapos makipagtalakayan ka hinggil sa mga

pagsagot nila habang nagpaparating sa kanila sa paglililaw ng pagkakaiba sa pagitan ng diborsiyong ipinatupad at diborsiyong isinalalay.

Nagsabi ang isang lalaki sa maybahay niya: "Kapag pumunta ka sa bahay ng ama mo nang walang paghingi ng pahintulot, ikaw ay diborsiyada." Kaya kapag pumunta ang maybahay sa bahay na ito nang walang paghingi ng pahintulot, siya ay Kapag hindi siya pumasok doon

* Ang Paghuhulo

Magbigay ka sa bawat estudyante ng isang kard. Humiling ka sa kanila na gumawa ng isang grid map ng mga uri ng diborsiyo, na naisagawa ang pag-alam sa mga ito mula sa aralin, kasama ng paglalagay ng isang pinaikling pagbibigay-kahulugan sa bawat uri. Tipunin mo ang mga kard at tasahin mo ang mga ito habang tinatakdaan ang pinakamainam sa mga ito at ang pinakaeksakto sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na maisagawa ang pagpapanuto sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal/Panggrupo, Pagtatakda ng Uri ng Diborsiyo.

Numero ng Layon: 4

Mamamahagi ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang grupo ng mga kard, na ang bawat kard ay tinatalaan ng isa sa mga usapin ng aktibidad.

Babanggitin niya sa mga estudyante ang bawat usaping kabilang sa mga usaping nasasaad sa aktibidad, sa kundisyon na magtakda sila ng mga uri ng diborsiyong sumasang-ayon sa usapin at magsagawa sila ng pag-angat pataas ng kard na naglalaman nito.

Magsusubaybay ang tagapagturo sa pagganap ng mga estudyante at magtatasa siya nito. Babawiin niya ang mga kard mula sa mga sumasagot ng isang pagsagot na mali.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagbibigay ng Payo sa Sinumang Nag-iisip ng Diborsiyo.

Numero ng Layon: 5

Babasahin ng tagapagturo ang ḥadīth na nasasaad sa aktibidad. Makikipagtalakayan siya sa mga estudyante hinggil sa kahulugan nito, pagkatapos hihilingin niya sa kanila ang magbigay ng isang payo sa mga lalaking nag-iisip na

magsagawa ng diborsiyo sa mga maybahay nila sa sandali ng pangyayari ng alinmang suliranin. Makikipagtalakayan siya hinggil sa inilalahad nila habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paglilinaw sa Kahatulan ng Diborsiyo kaugnay sa Inilalahad sa Kanila na mga Usapin. Numero ng Layon: 3, 4

Paghati-hatiin mo ang mga estudyante sa dalawang grupo. Italaga mo ang una sa dalawang ito sa pagbasa ng usaping nilalaman sa aktibidad. Italaga mo naman ang ikalawa sa pagpapaliwanag ng tumpak na kahatulan sa usapin, kasama ng pagsubaybay mo at pagpapanuto mo at pagpapanuto mo sa bawat isa sa kanilang dalawa.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod:

Minamagaling na mamili ka ng bawat dalawang estudyante upang sumagot silang dalawa sa mga sangkap ng unang tanong, kasama ng paghahambing sa pagitan ng pagsagot nilang dalawa at pagtatakda ng pinakatama sa dalawang ito sa pagsagot.

Mamimili ka ng tatlo sa mga mag-aaral upang bumanggit ang bawat isa sa kanila ng isang halimbawa ng bawat uring kabilang sa mga uri ng diborsiyong nasasaad sa ikalawang tanong. Sa kaso ng pagkakamali niya, magpanuto ka sa kanya sa pag-alam sa tumpak na sagot mula sa isa sa mga kaklase niya.

Magpanuto ka sa bawat dalawang estudyante sa pagsagot sa ikatlong tanong at ikaapat na tanong. Magsagawa ka ng pagdaan sa kanila para mapag-alaman ang kalikasan ng pagsagot ng bawat pangkat. Mamili ka ng isa sa mga grupo kabilang sa sinumang sumagot ng isang pang-ehemplong sagot upang maglahad ito sa nalalabi sa mga pangkat ng pagsagot niya.

PANUTO 1: - (X) - (X)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pakikipagtalakayan ng bawat estudyante sa mga kaanib ng pamilya niya hinggil sa mga kaso ng diborsiyo na nangyari sa ilan sa mga individuwal sa paligid ng lipunan nila at sa opinyon nila sa mga ito, habang nagtatakda ng mga uri ng diborsiyo na napabibilang sa ilalim ng bawat kaso.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang nanghina- ang maytah (namatay na hindi nakatay) - ang munkhaniqah (nasakal) - ang mawqūdhah (hinambalos), ang mutaraddiyah (nalaglag) - ang naṭīḥah (nasuwag) - ang dugong #ibinubo - ang isbāl sa tapis (pagpapalampas sa bukungbukong ng tapis)).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo
- Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Kuwento - Ang mga Pansariling
Pagtatanung-tanong - Ang Pagkatutong
Kooperatibo).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga
Oryentasyon:

- Ang Pag-iwas sa mga Pagkain at mga Inumin
na Ipinagbabawal.

- Ang Pagkaramdam ng Awa ni Allah sa mga
Lingkod Niya.

- Ang Pagkaramdam ng Ginhawa ng islam at Sigasig Nito sa Anumang Taglay ang Pakinabang Para sa mga Muslim.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kasanhian ng Pagsaway Laban sa Ilan sa mga Pagkain.

- Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kasuutan Niya.

* Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo na pasisimulan mo ang aralin para sa mga estudyante mo sa pamamagitan ng pagbabasa mo ng sumusunod na teksto: "Ang batayang panuntunan sa mga pagkain, mga inumin, at mga kasuutan ay ang pagpapahintulot at ang pagpayag maliban sa anumang nagsaad ang Kapahayagan ng pagbabawal dito. Kaya ang bawat may kapakinabangan para sa kaluluwa at katawan na kinakain, iniinum, at isinusuot ay nagpahintulot nga nito si Allāh upang magpatulong sa pamamagitan nito ang tao sa pagtalima kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) at ang bawat may pinsala ay nagbawal nga nito si Allāh (napakataas Siya). Nagpatunay sa pagpapahintulot at pagpayag ang Marangal na Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah."

Sa pamamagitan ng pagpapaliwanag mo, maghahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin, pagkatapos isusulat mo sa pisara ang pamagat.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa mga estudyante mo na buksan ang aklat na pampaaralan, pagkatapos bibigyan mo sila ng pagkakataon para magbuklat ng aralin at magbasa nito nang isang tahimik na pagbasa para makapag-alam sa mga pangunahing ideya na nilalaman ng mga ito.

Hakbang 2

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magbasa nang malakas sa mga kaklase nila ng aralin.

Ang pagpapaliwanag ng mga kahulugan ng mga bokabularyo na baka magiging mahirap sa kanila.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang pamamaraan ng pansariling pagtanung-tanong. Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magbigay sa bawat isa sa kanila ng dalawang tanong tungkol sa ninanais niyang mapag-alaman mula sa aralin.

Magtatala ka sa pisara ng mga tanong nila, pagkatapos magdaragdag ka sa mga ito ng mga tanong na hindi nila makakayang ibigay, na kinakailangang mapag-alaman ang pagsagot sa mga ito.

Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa mga tanong na iyon, na baka magiging kabilang sa mga ito ang sumusunod.

Bilangin mo ang mga uri ng mga pagkaing ipinagbabawal, kasama ng pagpapaliwanag ng kahatulan sa bawat uri.

Bumanggit ka ng ilan sa mga halimbawa ng mga hayop na ipinagbabawal at kinasusuklanan kainin.

Ipaliwanag mo ang kasanhian sa pagsaway laban sa ilan sa mga pagkain.

Ano ang kahatulan sa pagkain mula sa katay ng hindi mga Muslim?

Ano ang kahatulan sa pagkain ng mga ipinagbabawal sa sandali ng pagkakinakailangan?

Ano ang mga ipinagbabawal mula sa damit at gayak?

Ang Paghuhulo (Deduction):

Minamagaling na hilingin mo sa mga estudyante mo na magtala ang bawat isa sa kanila ng mga napuna niya hinggil sa aralin.

Sumasaklaw ang mga napuna sa mga pangunahing ideya na nilalaman ng aralin at ng naisagawang matutunan mula rito.

Mamili ka ng ilan sa kanila para maglahad ng isinagawa nilang pagsulat.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paglilinaw sa Kahatulan sa Ilan sa mga Pagkain sa Punto ng Pagpapahintulot at Pagbabawal. Numero ng Layon: 2, 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng unang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagtatakda ng Ipinagbabawal ang Pagsusuot Nito ang Paggayak sa Pamamagitan Nito sa mga Lalaki at mga Babae. Numero ng Layon: 3

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa

pagganap ng ikalawang aktibidad. Pagkatapos babangitin niya ang mga sangkap ng aktibidad nang magkakasunud-sunod at pakaaalamin niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa mga ito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Ang Ipinagbabawal Isuot Sa Kanino Ipinagbabawal

Ang Manipis na Sutla - Ang Makapal na Sutla
Ang Kalalakihan

Ang Pagpapakawangis ng Kalalakihan sa Kababaihan at ang Pagpapakawangis ng Kababaihan sa Kalalakihan Ang Kalalakihan at ang Kababaihan

Ang Pagpapalampas sa Bukungbukong Ang Kalalakihan

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hihilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa paglutas ng mga sumusunod na katanungan.

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulungan nila sa pagsagot.

Magtatalaga ka sa bawat grupo na mamili ng isang kasapi mula rito para maglahad ng pagsagot nito, at maisasagawa ang pagtatasa rito.

PANUTO 1: $(X) - (\sqrt{}) - (X) - (\sqrt{}) - (X)$

PANUTO 2: Ang Anumang Pinatay sa Pamamagitan ng Paglapat ng Kuryente - Pinapayagan - Ang Pagkakinakailangan - Ang Pagbabawal - Tatlong Araw

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Mag-iingat ang bawat estudyante sa paggamit ng mga pagkain at mga kasuutang ipinagbabawal at kinasusuklanan. Kapag nakakita siya ng nasasadlak sa anuman doon ay magpapayo siya sa kanya yayamang tunay na ang Muslim ay umiibig sa kabutihan para sa mga tao at nagpupunyagi para sa kapatnubayan nila.

Ang Ikasampung Aralin: Ang mga Tagapagpalasing at ang mga Droga at

ang mga Nakawawasak na Epekto ng mga Ito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang tagapagpalasing - ang droga - ang mga karimarimarim).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Kompyuter - Display Screen - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Poster na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang mga Personal Link - Ang Prognosis - Ang mga Semantic Map - Ang mga Mapa ng Pag-iisip - Ang Pag-uuri at ang Paglalagay sa mga Kategoriya - Ang Pamamaraang Pampaghuhulo).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagsasadamdamin ng Pagkapanganib ng mga Tagapagpalasing at mga Droga sa Lipunan.

- Ang Pag-iwas sa mga Tagapagpalasing at mga Droga.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Biyaya ng Isip at ang Pangangalaga Rito.

- Ang Pagsisigasig sa Paggugol ng Salapi sa mga Uri ng PInahihintulutang Bagay.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpapasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad ng sumusunod na pahayag sa mga estudyante: Nagbiyaya si Allāh sa mga lingkod Niya sa pagpayag sa lahat ng mga inumin maliban sa anumang nagpatunay ang patunay sa pagbabawal dito. Kabilang doon ang bawat inuming karima-rimarim o may pinsala sa tao, gaya ng mga tagapagpalasing at mga droga sapagkat nasaad nga sa ḥadīth: **"Sumaway ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa bawat tagapagpalasing at tagapagpatamlay."**

Pagkatapos makipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa nalalaman nila tungkol sa tagapagpalasing at tagapagpatamlay at maghantong ka sa kanila sa paksa ng aralin. Pagkatapos isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng prognosis at ayon sa liwanag ng pagkakaalam ng mga estudyante sa pamagat ng aralin at pahayag na pampagpapasimula na naisagawang ilahad, hilingin mo sa kanila ang magsagawa ng prognosis

sa mga sangkap na nilalaman ng mga ito at ang pagtatala ng bawat isa sa kanila ng ilan sa mga napuna at mga sekondaryong sangkap sa aklat niya hinggil sa inaasahan sa nilalaman ng aralin. Pakaalamin mo ang mga pagtugon ng mga estudyante, habang ibinibigay sa kanila ang feedback na nababagay.

Hakbang 2

Ilahad mo sa mga estudyante sa pamamagitan ng display screen o sa pamamagitan ng isang mapa ng pag-iisip na sumasaklaw sa mga pangkalahatang sangkap na nilalaman ng aralin at nauugnay sa mga ipinagbabawal na inumin. Hilingin mo sa kanila ang pagbanggit ng napag-aalaman nila tungkol sa mga ito. May dumaan bang isa sa kanila sa isang senaryong nauugnay sa mga ito noon? Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pakikipagtalakayan sa kanila hinggil sa inilalahad nila.

Hakbang 3

Maaaring ilahad mo sa mga estudyante ang mga sumusunod na usapin. Hilingin mo sa kanila ang maglinaw ng kahatulan sa mga ito sa ilalim ng mga inuming ipinagbabawal na inilalahad sa pamamagitan ng mapa ng pag-iisip. Matapos ng paglilina ng tumpak na kahatulan, magsimula ka sa paglalahad ng bawat usaping kabilang sa mga

ito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag:

Ininom ng isang tao ang nabīdh habang naniniwala na ang kaunti nito ay walang masama.

Umupo ang isang tao sa isang pagtitipon at gumamit siya ng droga dala ng pagpapalagay na ang usapin ay simple at wala ritong pinsala.

Gumugol ang isang tao ng marami sa mga salapi niya sa pagbili ng mga tagapagpalasing at mga droga.

Sa loob ng paglalahad ng mga usaping ito, maaari sa iyo na ilahad ang mga tekstong pangkapahayagan na nagbibigay-patunay sa pagkabawal ng mga inuming ito sa pamamagitan ng display screen o sa pamamagitan ng kompyuter, kasama ng pakikipagtalakayan sa mga estudyante hinggil sa katuturan ng mga ito at pagpapanuto sa kanila sa paghuhulo ng iginagabay ng mga ito.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magdidibuho ang tagapagturo sa pisara ng isang bilog. Isusulat niya sa loob nito: Ang mga Paggabay at ang mga Pagpapanuto. May lalabas mula rito na ilang pointer. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang sumulat sa tabi ng bawat pointer ng isa sa mga paggabay at pagpapanuto na natutunan mula sa aralin, na kinakailangan na

ipatupad niya sa buhay niya, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa mahusay na pagbalangkas na nakakukumbinsi.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Paghango ng Patunay sa Pagbabawal sa mga Tagapagpalasing at mga Droga.

Numero ng Layon: 1

Maglahad ka sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng unang aktibidad. Mamili ka ng isang estudyante kasunod ng isa pa para magbasa sa mga kaklase nila ng ḥadīth ng aktibidad.

Hilingin mo sa bawat estudyante ang paggawa ayon sa mga pampaghuhulong kakayahan nila sa paghantong sa mga kaparaanan ng tumpak na pagbubusilak sa kard. Salubungin mo ang mga pagsagot nila kasama ng pagkokomentaryo sa mga ito, habang ipinapaliwanag sa kanila ang tumpak na sagot at ang pagsulat nito sa pisara para ilipat ang mga ito sa mga kuwaderno.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Kahatulan sa mga Droga at mga Pinsala ng mga Ito.

Numero ng Layon: 3

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsulat ng payo sa mga gumagamit ng mga droga, sa kundisyon na sumaklaw ang payo sa kahatulan sa mga droga at mga pinsala nito sa individuwal at lipunan. Magpalakas-loob ka sa kanila sa kaayusang pangwika at pang-istilo sa pagsusulat at pag-empleyo ng mga teksto na natutunan nila mula sa aralin.

Hilingin mo sa mga estudyante ang magbasa ng isinulat nila sa mga kaklase kasama ng pagtatasa sa kanila at pagtatakda ng pinakaeksakto at pinakamarami sa mga pagpapayo sa pagkumbinsi. Magpalakas-loob ka sa mga tagasulat ng mga ito sa paglathala ng mga ito sa mga pahina nila sa social media.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Maaari sa iyo ang magbaha-bahagi sa mga estudyante sa mga grupo. Hilingin mo sa bawat grupo ang magtutungan sa pagsagot sa dalawang sumusunod na tanong.

Magsubaybay ka sa mga pagsagot ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagdaan sa kanila para magsubaybay sa pagganap nila at para maggarantiya ng paglahok nilang lahat sa pagsagot.

Tipunin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga grupo sa pagsagot.

Makipagtalakayan ka nang pasalita sa mga estudyante hinggil sa dalawang tanong para ipaalam sa kanila ang tumpak na sagot.

Ibigay mo sa mga grupo ang feedback na nababagay at hilingin mo sa kanila ang magsusog sa mga pagsagot nila at magwasto sa mga ito sa pamamagitan ng napag-alaman nila na mga pagtugon sa pakikipagtalakayan.

PANUTO 1:

PANUTO 2: Ang Isip - Ang Alak

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang pananatili sa anumang kinilala ng Batas ng Islām, ang saloobin nito sa inuming

ipinagbabawal gaya ng mga droga at mga tagapagpalasing, at ang pagpapanuto sa pinakamaganda sa alinmang individuwal na kabilang sa mga nakapaligid sa kanila kapag sumasalungat ito sa Batas ng Islām kaugnay sa mga inuming ito.

Ang pagpapalakas-loob sa mga estudyante sa paggawa ng mga baner o mga panuto sa mga pahina nila sa social media para magpaalam sa mga kaibigan nila ng napag-alaman nila na mga patakaran sa aralin para magpalaganap ng pagkakaalam at mga impormasyong panrelihiyong tumpak.

Ang Larangan ng Pag-aanyaya

Ang Unang Aralin: Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya at ang Kainaman Nito

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita: (Ang Pag-aanyaya Tungo kay Allāh).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Display Screen - Mga Poster na Pampagtuturo - Mga Larawan na Pampagtuturo).

Ang mga Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Istilo ng Paglutas sa mga Suliranin - Ang mga Semantic Map - Ang Pansariling Pagtatanung-tanong - Ang Istilo ng Pakikipagtalakayan).

Ang mga Pinahahalagahan (Value) at ang mga Tunguhin (Orientation):

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng Pag-aanyaya (Da`wah) Tungo kay Allāh.

- Ang Pagsasadamdamin na ang Pag-aanyaya ay Misyong ng mga Propeta at mga Tagapagsaayos.

- Ang Pagsisigasig sa Pangungunyapit sa mga Kaasalang Islāmiko.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Magpasimula ka para sa aralin sa pamamagitan ng paglalahad ng sumusunod na suliranin sa mga estudyante at makipagtalakayan ka hinggil sa opinyon nila rito at pamamaraan ng paglutas nito.

Ano ang mangyayari kung sakaling hindi nagkaroon ng mga tagapag-anyaya tungo kay Allāh, na nagpapaabot ng Batas ng Islām.

Pagkatapos magpahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Sa pamamagitan ng pagpapatulong sa istilo ng mga semantic map, maglalahad ang tagapagturo sa mga estudyante ng isang poster na naglalaman ng mapa: "Ang mga Pagkakahayag ng Pagkasuklam sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ng Marangal na Sambahayan Niya." Hihilingin niya sa kanila ang magbulay-bulay rito, pagkatapos tatalakayin niya ang mga pagkakahayag na iyon nang magkakasunud-sunod sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Sasalubungin ng tagapagturo ang mga tanong ng mga estudyante at magtatala siya ng mga ito sa isa sa dalawang gilid ng pisara.

Hakbang 2

Maaari sa tagapagturo ang magpatulong sa mga tanong na ibinigay ng mga estudyante sa naunang hakbang kasama ng pagpapayaman sa mga ito sa pamamagitan ng ilan sa mga tanong na pangkaragdagan, na maglilinaw sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ito ang mga impormasyong nauugnay sa pag-aanyaya tungo kay Allāh. Baka magiging kabilang sa mga ito ang mga sumusunod na tanong:

PANUTO: Ipaliwanag mo ang konsepto ng pag-aanyaya tungo kay Allāh.

PANUTO: Ano ang kahalagahan ng pag-aanyaya tungo kay Allāh.

Hakbang 3

Tatalakayin ng tagapagturo sa mga estudyante ang kainaman ng pag-aanyaya tungo kay Allāh sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag, kasama ng paglalahad ng mga teksto na kumakatig at pagbibigay-linaw sa mga ito para sa paglilinaw ng iginagabay ng mga ito. Iyon ay sa pamamagitan ng display screen.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Magdidibuho ang tagapagturo sa pisara ng isang bilog. Isusulat niya sa loob nito: Ang mga Paggabay at ang mga Pagpapanuto. At lalabas mula rito ang ilang pointer. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante upang sumulat sa tabi ng bawat pointer ng isa sa mga paggabay at pagpapanuto na natutuhan mula sa aralin, na kinakailangan na ipatupad niya sa buhay niya, kasama ng pagpapalakas-loob sa kanila sa mahusay na pagbalangkas na nakakukumbinsi.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paghanggo ng mga Kainaman ng Pag-aanyaya.

Numero ng Layon: 3

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng unang aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang mga sangkap ng aktibidad at pakaaalam niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagmungkahi ng mga Kaparaanan para sa Pagpapaibig sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

Numero ng Layon: 2

Maghahalaga ang tagapagturo sa isang sesyon ng talakayang panggrupo, kung saan hihilingin niya sa mga estudyante ang maupo sa isang porma ng bilog kung saan haharap ang iba sa kanila sa iba. Ipaaalam niya sa kanila ang layon ng sesyon, na nauugnay sa pagmungkahi ng mga kaparaanan para sa pagpapaibig sa mga tao sa pagpapahalaga sa pag-aanyaya tungo kay Allāh at pagsuporta sa sinumang tumatama.

Numero ng Aktibidad: 3 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagpapaliwanag ng Mahahangong Katuturan sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

Numero ng Layon: 5

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang video clip na nasasaad sa aktibidad. Magtatalaga siya sa bawat estudyante sa pagsagot sa tanong ng aktibidad at tatanggap siya ng mga pagtugon ng mga estudyante kasama ng pagtatasa sa mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Iminumungkahi ang pagsulat ng dalawang tanong sa pisara: isang tanong kasunod ng isa pang tanong.

Minamagaling na hilingin mo sa bawat dalawang estudyanteng magkatabi na lumahok silang dalawa sa isa't isa sa kanilang dalawa sa pagsagot sa bawat tanong na kabilang sa dalawang tanong.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante sa isang paraang pasapalaran (random) para maglahad sa nalalabi sa mga kaklase nila ng mga pagsagot nila.

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

PANUTO 1: (✓) - (X) - (✓) - (✓) - (X)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila. Iyon ay sa pamamagitan:

Magbubuod ang mga estudyante ng napag-alaman nila tungkol sa kahalagahan at mga kainaman ng pag-aanyaya at maglalathala sila niyon sa social media at iba pa rito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Buod ng Paanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Makkah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang mga epekto ng pagkapropeta - ang yungib ng Ḥirā' - ang taon ng kalungkutan - ang pangako ng katapatan sa `Aqabah).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagbibigay-halaga sa Katatagan ni Propeta Muhammad (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ng mga Kasamahan Niya (Malugod si Allāh sa Kanila) at Pagtitiis Nila.

- Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Paggawa at Pagbata ng Responsibilidad.

- Ang Pananatili sa Metodolohiya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at mga Kaasalan Niya sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo na magpasimula ng aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay sa aralin ng araw na ito sa taglay nila na mga naunang impormasyon. Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa epekto ng pag-aanyaya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapaiba sa mga Arabe at pag-iwan nila sa pagsamba ng mga diyus-diyusan. Pagkatapos magpapahantong ka sa kanila sa paksa ng aralin at isusulat mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa mga estudyante na magbukas ng aklat-aralin at magbasa ng aralin nang tahimik na pagbasa.

Hihilingin mo sa kanila na tumingin sa plano na naririyang sa aralin at hihilingin mo sa kanila na magsuri rito.

Ang pagtatangka ng paglalarawan ng plano at pagkabalangkas ng mga sangkap nito sa anyo ng mga punto.

Hakbang 2

Gagamitin mo ang istilo ng brainstorming at pagbabaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Magtatasa ang bawat grupo sa pamamagitan ng pagpili ng isang sangkap na kabilang sa mga sangkap ng plano para magtalakay rito sa pamamagitan ng pagbibigay-linaw at pagpapaliwanag.

Mamimili ka ng isang kaanib mula sa bawat grupo para maglahad ng nahantong nila at magsagawa ng dayalogo tungkol dito.

Hakbang 3

Gagamit ka ng istilo ng pagkatutong kooperatibo at hihilingin mo sa bawat grupo na magbanggit ng mga yugto ng paglago ng pag-aanyaya sa Makkah Mukarramah.

Mamimili ang bawat grupo ng isa sa mga kaanib nito upang bumanggit ng isinulat ng grupo niya. Magkokomentaryo ito roon at magtatasa ito roon.

Hakbang 4

- Ipaliliwanag mo ang pambuod na kahulugan ng aralin.

- Magpapanuto ka sa mga estudyante sa paghulo ng mga katuturan na natutuhan nila mula sa aralin.

Ang Paghuhulo (Deduction):

- Hihilingin mo sa mga estudyante na magbuod ng aralin sa isang anyo ng mga sangkap at mga punto. Mamimili ka ng ilan sa kanila para magtala ng mga ito sa pisara. Maaaring ang mga ito ay maging nasa sumusunod na anyo:

Ipinanganak ang pinakamainam na tao, si Propeta Muhammad na anak ni `Abdullāh na anak ni `Abdulmuṭṭalib Al-Hāshimīy, sa Makkah Mukarramah.

Nagtrabaho ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong kabataan niya sa pagpapastol ng tupa.

Nagtrabaho ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pangangalakal kasama ng

tiyuhin niyang si Abū Ṭālib noong siya ay nasa ikalabindalawang taon ng edad niya.

Napatanyag ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) magmula ng pagkabinata niya sa kagandahan ng kaasalan at pagwaksi ng pagsamba sa mga anito.

Kasabay ng paglapit ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa edad na apatnapung taon, nahilig siya sa pagsasarili nang mag-isa sa Yungib ng Ḥirā' upang magpakamananamba roon.

Nagpatuloy ang lihim na pag-aanyaya sa loob ng tatlong taon.

Lumawak ang sirkulo ng pag-aanyaya sapagkat sumaklaw ito sa lahat ng mga kamag-anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kabilang sa angkan ng Hāshim.

Lumitaw ang maagang pangangaway sa pag-aanya, lalo na nang matapos makaalam ang liping Quraysh hinggil sa pag-anib sa Islām ng isang bilang ng mga Kasamahan ng Propeta.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakikipagkita noon sa mga Kasamahan niya nang malayo sa mga mata ng liping Quraysh sa tahanan ni Al-Arqam bin Abī Al-Arqam.

Nakita ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang katindihan ng pagdudulot ng

mga tagapagtambal ng pagdurusa sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) kaya ipinag-utos niya ang paglikas sa Etyopya.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa mga Yugto ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

Numero ng Layon: 3

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng unang aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang dalawang sangkap ng aktibidad at pakaaalaman niya ang pagsagot sa dalawang ito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil sa dalawang ito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pag-alam sa mga Katangian ng Tagapag-anyaya.

Numero ng Layon: 6

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Mangangasiwa ka sa kanila, magsusubaybay ka sa kanila para ipaalam sa kanila ang tama, magtatasa ka sa kanila, at susuporta ka sa pagganap nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo at hihilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa paglutas ng mga sumusunod na katanungan.

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulungan nila sa pagsagot.

- Magtatalaga ka sa bawat grupo na mamili ng isang kasapi mula rito para maglahad ng pagsagot nito, at maisasagawa ang pagtatasa rito.

PANUTO 1: (X) - (✓) - (X) - (✓) - (✓)

PANUTO 2: Ang Pagmamatigas ng mga Mamamayan ng Makkah - Ang Dalawang Pangako ng Katapatan sa `Aqabah - Si Bilāl bin Rabāh (Malugod si Allāh sa Kanya)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Iminumungkahi na magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagsaliksik sa mga reperensiya ng magkakaibang kaalaman ng mga panimula ng pag-aanyaya at simula nito na iba pa sa binanggit sa aralin at sa paglalahad ng mga ito sa iyo sa darating na pagkikita. Mamimili ka ng pinakamainam na isinulat at maglalahad ka nito sa natitira sa mga estudyante.

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa paghango ng mga katuturan at mga paggabay na pang-edukasyon at pambatas mula sa mga pangyayari sa talambuhay ng Propeta sa panahon sa Makkah.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Madīnah

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto.

Ang mga Bagong Pananalita:

(ang Aws - ang Khazraj - ang pagsalakay).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo
- Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang KWL
(Alam Ko - Nais Kong Malaman - Natutuhan Ko)).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga
Oryentasyon:

- Ang Pagbibigay-halaga sa Balor ng
Pakikibaka ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at
Pangalagaan) at mga Marangal na Kasamahan
Niya (Malugod si Allāh sa Kanila.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Katayuan ng
Masjid at Kahalagahan Nito sa Islām.

- Ang Pagdakila sa mga Tagaadya sa Pag-aadya
sa Pag-aanyaya at Pagpapatayo ng Estado.

- Ang Pagsisigasig sa Katapatan sa Pananampalataya at Pagtitika.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo, kapatid kong tagapagturo, na magpasimula ng aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay rito sa naunang aralin. Makikipagtalakayan ka sa kanila hinggil sa paglikas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah at mga kadahilanan nito. Tatanggapin mo ang mga pagsagot at makikipagtalakayan ka hinggil sa mga ito. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa mga estudyante na magbukas ng aklat-aralin at magbasa ng aralin nang tahimik na pagbasa.

Pagkatapos magpapaliwanag ka sa kanila ng mga kahulugan ng mga mahirap na bokabularyong malabo sa kanila.

Magtatalaga ka sa kanila sa pagpasok ng mga ito sa mga pangungusap mula sa pagkakagawa nila para makaintindi ng kahulugan ng mga ito.

Hakbang 2

Gagamitin mo ang istilo ng pagkatutong kooperatibo at pagbabaha-bahagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo.

Magtatalaga ka sa bawat grupo sa pagbanggit ng isa sa mga gawain na isinagawa ng Propeta matapos ng pagpasok sa Madīnah.

Mamimili ka ng isang estudyante mula sa bawat grupo para magsulat sa pisara ng nahantong nila.

Magtatasa ka sa kanila at ipaaalam mo sa kanila ang tumpak na sagot.

Hakbang 3

Gagamitin mo ang istilo ng KWL (Alam Ko - Nais Kong Malaman - Natutuhan Ko)). Hihilingin mo sa bawat estudyante na magbahagi ng kuwaderno niya sa tatlong bahagi.

Isusulat niya sa unang parte ang nalalaman niya tungkol sa pagpapatayo ng Masjid ng Propeta at mga labanan sa mga tagapagtambal.

Sa ikalawang parte, isusulat niya ang pagkakaalam niya tungkol sa pinakamahalaga sa mga gawain ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) matapos ng pagsakop sa Makkah.

Hinggil naman sa ikatlong parte, lalagyan ito ng pamagat na: Ang Naisagawang Matutuhan Mula sa Aralin.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para maglahad ng naisagawa nila na pagsulat nito.

Magtatala ka sa pisara ng ilan sa babanggitin nila.

Ang Paghuhulo (Deduction):

- Hihilingin mo sa mga estudyante na magbuod ng aralin sa isang anyo ng mga sangkap at mga punto. Isasagawa ang pagsususog sa mga ito ng panig mo.

- Isulat mo sa pisara ang buod ng mga sangkap ng aralin upang ilipat nila ito sa mga kuwaderno nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pag-alam sa Metodo ng Pag-aanyaya ng Propeta sa Makkah at Madinah at Paghahambing sa Pagitan ng Papel ng Masjid ng Propeta at mga Masjid sa Kontemporaryong Panahon Natin.

Numero ng Layon: 1, 3

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante mo sa dalawang grupo para magtulungan sa pagsagot sa ikalawang aktibidad sa harap ng mga kaklase.

Mamimili ka mula sa bawat grupo ng isa sa mga estudyante nito upang magsulat siya sa pisara ng sagot niya sa ilalim ng pangangasiwa mo at pagsubaybay mo.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagpapahayag ng Niloloob Niya, Paghulo, at Pagsulat ng mga Artikulo sa Isang Tumpak na Pamamaraan.

Numero ng Layon: 5

Magtatalaga ka sa bawat estudyante sa pagsagot sa sumusunod na aktibidad sa isang papel na panlabas sa bahay.

Ilalahad sa iyo ang mga sagot sa darating na pagkikita para sa pagtutumpak sa mga ito sa isang anyo ng pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan.

Magsusuporta ka sa sinumang tumatama sa pamamagitan ng paglalahad ng isinulat niya sa pampaaralang pagtitipon sa umaga.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante sa mga grupo.

Hihilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa pagsagot sa mga sumusunod na tanong.

Magsasagawa ka ng pagdaan sa mga estudyante mo para magpakatiyak sa pagtutulongan nila sa pagsagot.

Magtatalaga ka sa bawat grupo sa pamamagitan ng pagpili mo ng isang kaanib mula rito para maglahad ng pagsagot nito at isasagawa ang pagtatasa nito.

PANUTO 1: (X) (X)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Magpanuto ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagpapatupad ng napag-alaman nila sa aralin sa buhay nila at mga pakikitungo nila sa pamamagitan ng sumusunod:

Iminumungkahi na hilingin mo sa bawat estudyante na magsulat ng isang artikulong ipinaliliwanag dito ang mga kainaman ng Masjid ng Propeta, habang humahango ng patunay sa mga tekstong pangkapahayagan, at nagpapawakas dito sa pamamagitan ng ilan sa mga payo na humihimok sa mga tao sa pagdakila sa Bahay ni Allāh.

Ang pagpapanuto sa mga estudyante sa paghango ng mga katuturan at mga paggabay na pang-edukasyon at pambatas mula sa mga

pangyayari sa talambuhay ng Propeta sa panahon sa Madīnah.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang nakabubuti - ang nakasasama - ang pagsumpa).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang mga Palaisipang Pampagtuturo - Ang Brainstorming).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagkaramdam ng Pagkapanganib ng Pagwaksi sa Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway ng Nakasasama.

- Ang Pagbibigay-halaga sa Kahalagahan ng Kaayusan ng mga Individuwal at mga Lipunan Dahil Ito ay Bahagi ng Mensahe ng Islām.

- Ang Pagsisigasig sa Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway ng Nakasasama.

- Ang Pag-iwas sa Katiwalian at Pagdagdag sa Kasamaan.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Maaari sa iyo, kapatid kong tagapagturo, na magpasimula ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang palaisipan, tulad ng: "May mga taong nagtakda si Allāh para sa kanila ng mga magandang gawang hindi nila ginawa at may iba pang taong nagtakda si Allāh sa kanila ng mga masagwang gawang hindi nila ginawa. Sino sila?" Pagkatapos hahantong ka kasama ng mga estudyante sa tumpak na pagsagot. Pagkatapos itatala mo ang pamagat sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Hihilingin mo sa bawat grupo ang paglahok sa pagbasa ng aralin, bilang paggunita sa naisagawang marepaso sa bahay.

Ang Paghango ng mga Ideya ng Aralin, Pagkatapos ang Pagsulat ng mga Ito sa Pisara.

Hakbang 2

Makipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa listahan ng mga pangunahing ideya na iniluwal ng bawat grupo.

Matapos ng pakikipagtalakayan hinggil sa bawat ideya, iminumungkahi na hilingin mo sa isa sa kanila na basahin ang parapong natatangi rito.

Hakbang 3

Magbabaha-bahagi ka sa mga estudyante mo sa mga grupo para magsagawa ng isang brainstorming para sa paghantong sa mga kainaman ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Ang pakikipagtalakayan hinggil sa naisagawa ang paghantong doon nang pasalita, pagkatapos ang pagsulat nito sa kuwaderno para sa pag-alaala rito.

Hakbang 4

Hihilingin mo sa bawat grupo ang maghulo ng mga epekto ng pagkawaksi sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Hihilingin mo sa ilan sa mga grupo ang maglahad ng pagsagot, pagkatapos magdidibuho ka ng isang mental map para sa aralin.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Iminumungkahi na magtalaga ka ng bawat estudyante sa pagbasa ng nahinuha niya mula sa aralin at paglahad nito sa iyo para maghalaga rito. Pagkatapos makikipagtalakayan ka sa mga

estudyante mo hinggil sa nahinuha nila, kasama ng pagtatama sa kamalian.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paglilinaw ng mga Epekto ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama. Numero ng Layon: 2

Magpapanuto ang tagapagturo sa bawat grupo mula sa mga estudyante sa pagtutulungan sa pagganap ng unang aktibidad. Pagkatapos babanggitin niya ang mga sangkap ng aktibidad at pakaaalaman niya ang pagsagot dito ng bawat grupo. Makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito para humantong sa tumpak na pagsagot, pagkatapos itatakda niya ang pinakamainam na grupo sa pagsagot at ibibigay niya sa mga kaanib nito ang pagsuportang nababagay.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Paggawa sa mga Kasamahan ng Propeta sa Pag-uutos ng Nakabubuti.

Numero ng Layon: 3

Mamimili ka ng dalawang mag-aaral para magbasa ng dalawang tekstong nasasaad sa

aktibidad. Ang sinumang magsisiyasat kabilang sa kanilang dalawa sa alinmang bokabularyong nasa dalawang teksto, babanggit siya nito para sa pagbibigay-linaw rito at pagpapaliwanag nito mula sa panig mo. Pagkatapos pagbabahabagiin mo ang mga estudyante sa mga grupo, kung saan magtutulongan ang bawat grupo sa pagsagot sa aktibidad. Mamili ka ng dalawa mula sa mga grupo para maglahad ng mga pagsagot nilang dalawa, sa kundisyon na maghambing sa pagitan nilang dalawa ang natitira sa mga grupo para magtakda sa pinakatama at pinakaeksakto sa mga pagsagot.

Kapag ang tao ay napapatnubayan at nanatiling matuwid sa mga pagtalima, wala sa kanyang kapinsalaan na mag-iwan sa mga ibang tao sa kaguluhan kaya naman hindi siya sumasaway sa kanila sa nakasasama.

Nilinaw niya sa kanila ang kamalian sa pagkaintindi, pagkatapos nagpaalaala siya sa kanila ng isang patunay sa kaparusahan sa pagwaksi sa pagsaway sa nakasasama.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Para maisakatotohanan ang mga layon ng aralin, maaari sa iyo ang magsagawa ng sumusunod:

Isulat mo sa pisara ang mga sumusunod na sagot: isang tanong kasunod ng isa pa.

Mamili ka ng isang bilang ng mga estudyante na hindi nakikilahok nang madalas sa klase.

Hilingin mo sa kanila na sagutin ang mga tanong na iyon sa pisara.

Tasahin mo ang mga pagsagot nila at gawin mo ang mga kaklase nila na nakikilahok sa iyo sa pagtatasa.

PANUTO 1: (Kinakailangan) - (mangalaga kayo sa mga sarili ninyo. Hindi makapipinsala sa inyo ang sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.) - (tagapamahalang tagalabag ng katarungan)

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Minamagaling na hilingin mo sa bawat grupo ang magsulat ng mga kainaman ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama at mga patunay ng mga ito, pagkatapos ang paglathala ng mga ito sa social media at iba pa rito.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Fiqh ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang nakabubuti - ang nakasasama - ang mga kapakanan at ang mga katiwalian).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Dayalogo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Istilo ng Kuwento).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

- Ang Pagkaramdam ng Pagkakailangan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway ng Nakasasama.

- Ang Pagsisigasig sa Pagkakailangan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway ng Nakasasama Alinsunod sa mga Panuntunang Pambatas.

- Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway ng Nakasasama.

- Ang Pag-iwas sa Bawat Anumang Nauuwi sa Nakasasama at mga Kadahilanan Nito.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Pasimulan mo ang aralin sa pamamagitan ng pag-ugnay ng bagong aralin sa nauna sa pamamagitan ng pagsusuri sa pinakamahalaga sa mga kainaman at mga epekto ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama. Pagkatapos magpahantong ka sa kanila na hindi naisasakatotohanan ang bunga ng pag-uutos ng nakabubuti malibang sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga panuntunan na inilagay ng Batas ng Islām. Pagkatapos isusulat mo ang pamagat ng aralin sa pisara.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Iminumungkahi na bahagiin mo ang aralin sa tatlong parte at hilingin mo sa bawat grupo na magbasa ng isang bahagi mula sa mga ito.

Hilingin mo sa mga estudyante ang paglahok sa paghango ng mga panuntunan ng tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama.

Isusulat mo ang mga panuntunang ito sa isang listahan, pagkatapos ilalahad mo ito sa natitira sa mga estudyante.

Tatasahin mo ang pagsagot, pagkatapos isusulat mo sa pisara ang mga tumpak na pagsagot.

Susuportahan mo ang mga grupo sa pansariling pagkakatatuto sa mga ito.

Hakbang 2

Makikipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa aralin. Maaari sa iyo na gawin mo ang pakikipagtalakayan ng bawat grupo sa nalalabi sa klase, kung saan hahango ang grupo ng isang bilang ng mga tanong sa bahaging binasa nito.

Magpapanuto ka nito sa nalalabi sa klase, pagkatapos pakikikingan mo ang mga pakikipagtalakayan at manghihimasok ka sa mga ito para magpaliwanag.

Isusulat mo sa pisara ang ilan sa mga ḥadīth upang humango ng patunay sa mga antas ng pagsaway sa nakasasama.

Magtuturo ka sa kanila ng pamamaraan ng paghuhulo.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng pakikipagtalakayan, makipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa mga panuntunan ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagtatala ng natutuhan niya mula sa aralin. Iyon sa huling parte ng mga bahagi ng kuwaderno niya.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magsulat sa pisara ng mga paghuhulo na nahantungan nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutuhan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Tumpak na Pag-aanalisa.

Numero ng Layon: 2

Ilalahad ng tagapagturo sa pamamagitan ng display screen ang talahanayang nasasaad sa unang aktibidad. Mamimili siya ng ilan sa mga estudyante para basahin ang nilalaman nito, pagkatapos makikipagtalakayan siya sa kanila hinggil dito.

Pagkatapos magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagganap ng ikalawang bahagi ng aktibidad nang nagsosolo at sa pagtatala ng pagsagot niya sa isang panlabas na kard, pagkatapos tipunin mo ang mga kard mula sa mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga pagsagot at pinakatama sa mga ito, kasama ng pagpapapuri sa pangalan ng nakagawa ng tumpak na sagot.

Nakita ng isang tao ang kapit-bahay niya habang gumagawa ng isang nakasasama. ✓

Si Ahmad ay isang batang 12 taong gulang at nagpupumilit sa pagtigil sa pagsasagawa ng ṣalāh. ✓

Isang imām ng masjid, na nakakita ng isang nagsasagawa ng ṣalāh, na nakaharap sa hindi dako ng qiblah. ✓

Nakita ng isang tagapagturo ang ilan sa mga estudyante habang naninigarilyo sa paaralan.

Nakakita ang mga alagad ng pulisya ng ilan sa mga kriminal habang humaharap ang mga ito sa daan. ✓

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pakikipagtalakayan at Paghuhulo.

Numero ng Layon: 1, 5

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagbubulay-bulay at pagbasa sa aktibidad nang maigi at pagtatakda ng hinihiling dito nang may kaeksaktuhan. Magpapalitan ang mga estudyante sa pagitan nila ng mahahantungan nila.

Kinakailangan sa sinumang nakakita ng nakasasama na magmasama nito kahit pa man nanaig sa palagay niya na siya ay hindi tutugunin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

magpatupad sila ng mga ito sa isang tumpak na pagpapatupad.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama

Ang Panahon ng Aralin: Isang Yugto

Ang mga Bagong Pananalita: (ang pagpapakawagas - ang kabaitan - ang pag-uunti-unti).

Ang mga Kaparaanang Pampagtuturo:

(Ang Pisara - Ang mga Kard na Pampagtuturo - Ang mga Poster na Pampagtuturo).

Ang Estratehiya ng Pagtuturo:

(Ang Pagkatutong Kooperatibo - Ang Dayalogo at ang Pakikipagtalakayan - Ang Istilo ng Kuwento).

Ang mga Minamahalaga (Value) at ang mga Oryentasyon:

Ang pagbibigay-halaga sa kahalagahan ng kabaitan sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

- Ang Pagsisiglas sa mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama.

- Ang Paggaya sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pangangaral at Pagpapayo Nang Lihim na Walang Paghahayag.

- Ang Pag-iwas sa Bawat Nauuwi sa Pag-iwan at Pagboykoteo.

Ang Pagpapasimula Para sa Aralin:

Iugnay mo ang bagong aralin sa nauna sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga estudyante sa fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama at pinakamahalaga sa mga panuntunan nito. Pagkatapos magpahantong ka sa mga estudyante sa kahalagahan ng pagtataglay ng mga etiketa ng dalawa na inilagay ng Batas ng Islām. Pagkatapos isulat mo sa pisara ang pamagat ng aralin.

Ang Paglalahad ng Aralin

Hakbang 1

Iminumungkahi na bahagiin mo ang aralin sa tatlong parte at hilingin mo sa bawat grupo na magbasa ng isang bahagi mula sa mga ito.

Hilingin mo sa mga estudyante ang paglahok sa paghango ng mga etiketa ng tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama.

Isusulat mo ang mga etiketang ito sa isang listahan, pagkatapos ilalahad mo ito sa natitira sa mga estudyante.

Tatasahin mo ang pagsagot, pagkatapos isusulat mo sa pisara ang mga tumpak na pagsagot.

Hakbang 2

Makikipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa aralin. Maaari sa iyo na gawin mo ang pakikipagtalakayan ng bawat grupo sa nalalabi sa klase, kung saan hahango ang grupo ng isang bilang ng mga tanong sa bahaging binasa nito.

Magpapanuto ka nito sa nalalabi sa klase, pagkatapos pakikikingan mo ang mga pakikipagtalakayan at manghihimasok ka sa mga ito para magpaliwanag.

Isusulat mo sa pisara ang ilan sa mga ḥadīth upang humango ng patunay sa mga etiketang natatagpuan sa aralin.

Magtuturo ka sa kanila ng pamamaraan ng paghuhulo.

Ang Paghuhulo (Deduction):

Sa pamamagitan ng paggamit ng istilo ng pakikipagtalakayan, makipagtalakayan ka sa mga estudyante mo hinggil sa mga etiketa ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Magtalaga ka sa bawat estudyante sa pagtatala ng natutunan niya mula sa aralin. Iyon ay sa huling parte ng mga bahagi ng kuwaderno niya.

Mamimili ka ng ilan sa mga estudyante para magsulat sa pisara ng mga paghuhulo na nahantungan nila.

Ang mga Aktibidad

Minamagaling na magpanuto ka sa mga estudyante sa pagpapatupad ng natutunan nila mula sa aralin sa pamamagitan ng sumusunod:

Numero ng Aktibidad: 1 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Panggrupo, Pagpapaliwanag ng mga Etiketa Tagapag-utos ng Nakabubuti.

Numero ng Layon: 1

Maghahalaga ang tagapagturo sa isang sesyon ng talakayang panggrupo, kung saan hihilingin niya sa mga estudyante ang maupo sa isang porma ng bilog kung saan haharap ang iba sa kanila sa iba. Ipaaalam niya sa kanila ang layon ng sesyon, na nauugnay sa pagtatakda ng mga etiketa ng tagapag-utos ng nakabubuti mula sa mga tekstong nasasaad sa aktibidad.

Numero ng Aktibidad: 2 Ang Uri Nito at ang Layon Nito: Pang-individuwal, Pagsasanay sa mga Estudyante sa Pamamaraan ng Pagbibigay ng Payo sa Iba.

Numero ng Layon: 3, 4

Magpanuto ka sa bawat estudyante sa pagsulat ng payo na nililinaw rito ang mga

hakbang sa pagparusa sa maybahay. Magpalakas-loob ka sa kanila sa kaayusang pangwika at pang-istilo sa pagsusulat at pag-empleyo ng mga teksto na natutunan nila mula sa aralin.

Hilingin mo sa mga estudyante ang magbasa ng isinulat nila sa mga kaklase kasama ng pagtatasa sa kanila at pagtatakda ng pinakaeksakto at pinakamarami sa mga artikulo sa pagkumbinsi. Magpalakas-loob ka sa mga tagasulat ng mga ito sa paglathala ng mga ito sa mga pahina nila sa social media.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Magpanuto ka sa mga estudyante sa pagsagot sa mga tanong ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Maaari sa iyo ang magbaha-bahagi sa mga estudyante sa mga grupo. Hilingin mo sa bawat grupo ang magtulungan sa pagsagot sa dalawang sumusunod na tanong.

Magsubaybay ka sa mga pagsagot ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagdaan sa kanila para magsubaybay sa pagganap nila at para maggarantiya ng paglahok nilang lahat sa pagsagot.

Tipunin mo ang mga pagsagot ng mga estudyante at tasahin mo ang mga ito habang

nagtatakda ng pinakaeksakto sa mga grupo sa pagsagot.

Makipagtalakayan ka nang pasalita sa mga estudyante hinggil sa dalawang tanong para ipaalam sa kanila ang tumpak na sagot.

Ibigay mo sa mga grupo ang feedback na nababagay at hilingin mo sa kanila ang magsusog sa mga pagsagot nila at magwasto sa mga ito sa pamamagitan ng napag-alaman nila na mga pagtugon sa pakikipagtalakayan.

PANUTO 1: $X - X - \sqrt{}$.

PANUTO 2: Ang Pagtitiis - Ang Kinakailangan - Ang Pagpapakilala sa Kamalian

* Mga Panawag-pansing Pang-edukasyon at Pang-emosyon:

Ang pagtawag-pansin sa mga estudyante sa kahalagahan ng pananatili sa mga patakaran ng Batas ng Islām sa mga etiketa ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, at ng pagpupunyagi sa pagtutumpak sa alinmang kamalian na napapansin nila sa mga individuwal na nakapaligid sa kanila at sa pagpapaalam sa kanila ng mga ito upang magpatupad sila ng mga ito sa isang tumpak na pagpapatupad.

Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si Allāh:

(فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ
ۚ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلِّبَكُمُ وَمَثْوَاكُمُ)

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.} (Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawdah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika. Sa paghahangad ng pag-angat ng proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang Basaer para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga impormasyong ipinapasok ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap tayo ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad at ng mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Pagpapanimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at sa mag-anak niya at Kasamahan niya sa kalahatan.

Sa pagsisimula:

Nasa harapan mo, mahal kong mag-aaral, ang Unang Aklat mula sa mga kurikulum – ang mga kurikulum pampagtuturong ito na naglalayon na

magturo sa Muslim ng kinakakailangan niya sa Relihiyon niya, magtatag ng isang maka-Islām na matatag na edukasyon, at magbuo ng personalidad ng mag-aaral alinsunod sa kurikulum na pang-edukasyong pang-Islām.

Naisagawa na ang paghahari sa aklat sa mga yunit pampagtuturong sinarisari ayon sa mga larangan ng pag-aaral panrelihiyon, gaya ng sa sumusunod:

- Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan. Naglalaman ito ng paglilinaw para sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān, pinaiksing pagpapakahulugan sa ilan sa maiikling sūrah, kalakip ng paghango ng pinakamahalaga sa mga katuturang pangkaalaman at pang-edukasyon mula sa mga talata ng Qur'ān.

- Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak. Tumatalakay ito sa kalamangan ng Tawhīd at mga bahagi nito, at mga kundisyon ng pagsamba at mga haligi nito, kalakip ng isang paglilinaw sa pagkadagdag ng pananampalataya at pagkabawas nito, upang matipon ng mag-aaral ang ugat ng pananampalataya at ang bunga nito.

- Ang Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta. Dito ay may pagbibigay-linaw sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kamag-anak, mga kapitbahay, mga bata, at hindi mga Muslim, upang ang pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay batay sa pagkatalos at kaalaman. Pagkatapos matututo ang mag-aaral ng lima sa mga ḥadīth na sumasaklaw sa mga karapatan ng Muslim, lalo na ng mga kaanak nila, ng mga nakatatanda, ng mga nakababata, ng mga kapitbahay, at ng mga panauhin, kasama ng pagtawag-pansin sa kahalagahan ng pagkakatataman sa pagganap sa mga karapatan ni Allāh, mga karapatan ng mga tao, at mga karapatan ng sarili.

- Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakaran. Naglalaman ito ng isang pagbubuod ng pinakamahalaga sa mga patakaran ng apat na pagsamba (ang ṣalāh, ang zakāh, ang pag-aayuno, at ang ḥajj) kasama ng pagpapahalaga sa mga

buhay na pagpapatupad ng mga patakaran ng nga iyon.

- Ang Yunit ng mga Kaasalan. Naglalaman ito ng mga batayan ng mga kaasalang Islāmiko na nakasalalay sa mga ito ang personalidad ng Muslim. Ang mga ito ay:

ang kagandahan ng kaasalan, ang katangian ng katapatan, ang pagkamapagkakatiwalaan, ang pagtitiis, ang pagkahiya, at ang katarungan.

- Ang Yunit ng Pag-aanyaya. Dito ay may paghimok sa pagkakaloob ng payo sa mga Muslim, may paglilinaw sa kahalagahan nito sa Relihiyon, may pagbibigay-linaw sa mga etiketa ng tagapagpayo at pinapayuhan nang sa gayon magbigay ang payo ng mga bunga nito at magsakatotohanan ng layon nito sa pagpapalaganap ng kabutihan at pagpapakaunti ng kasamaan.

Nagsikap nga kami sa pagpapalabas sa mga aklat na ito sa isang anyong umaalinsunod sa mga saligang pangkaalaman at mga sukatang pang-edukasyong makabago. Nagsaalang-alang kami sa paghahanda sa mga ito ng sumusunod:

- Ang pagsisimula ng mga aralin – kapag humihiling ang pangangailangan niyon – sa pamamagitan ng isang pagpapaumpisang pupukaw sa pagpapahalaga sa aralin.

- Ang paglalagay ng mga pigura at mga tsart ng mga konsepto na tutulong sa iyo sa pag-unawa ng nilalamang pangkaalaman.

Naglalaman ito ng mga aktibidad na pampagtuturo nang may layunin ng pagsasakatotohanan sa mga layong pang-edukasyon alinsunod sa estratehiya ng pag-aaral na masigla.

Nagsaalang-alang nga kami sa mga ito ng sumusunod:

- Ang integrasyon ng mga ito kasama ng nilalaman sa pagsasakatotohanan sa mga layon ng aralin kasama ng pagkakaugnay ng mga ito sa kalikasan ng asignatura.

- Ang pagpapalago ng mga aspeto ng personalidad mo at mga magkakaiba-ibang kasanayan.

- Ang pagkasarisari sa pamamaraan ng pagpapatupad nito sa pagitan ng pang-individuwal at panlipunan, ang pagkasarisari ng lugar ng pagpapatupad nito sa loob at labas ng klase, at ang pagkasarisari ng mga anyo nito sa pagitan ng aktibidad na pansulat, pansalita, pangkilos, at pang-isip.

- Ang paglalagay ng mga tanong ng pagtatasa (assessment) sa katapusan ng bawat aralin upang

sulitin ang saklaw ng pagkaunawa sa aralin at pagsasakatotohanan sa mga layon nito.

Tunay na kami, yayamang naghain kami sa iyo ng aklat na ito, ay umaasa na ito ay maging isang tagapagsakatotohanan ng pinagpunyagian namin na kadalian ng asignaturang akademiko, kaliwanagan ng pamamaraan ng paglalahad, pagkaaktibo ng mga aktibidad, at pagkamasaklaw ng pagtatasa (assessment).

Dumadalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng mga ito sa mga tagapaghanap ng kaalaman at tumanggap Siya mula sa amin, tunay na Siya ay ang Madinigin, ang Maalam.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya nang sama-sama.

Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makahango ka ng patunay sa gantimpala sa pagbabasa ng Marangal na Qur'ān;

2. makapag-isa-isa ka sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān:

3. mawili ka sa pagkatuto ng mga patakaran ng pagbigkas ng Marangal na Qur'an;

4. makapagpatupad ka ng mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Aktibidad na Pang-umpisa

Nagkukulang ang marami sa mga Muslim sa pangangalaga sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān hanggang sa makakita ka ng ilan sa mga Muṣḥaf na pinangingibabawan ng alikabok. Magbigay ka ng payo sa mga ito sa ilalim ng matututuhan mo sa araling ito.

Ang Kainaman ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān ay isang pagsambang kapita-pitagan. Ito ay pinakamainam sa mga uri ng pag-alaala kay Allāh. Mayroon itong isang dakilang gantimpala sa ganang kay Allāh. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad**

nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik.}
(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 2910.)

Kabilang sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang pagpapakawagas kay Allāh kaya naman kinakailangan na ang layon ng pagbigkas ng Qur'ān ay ang lugod ni Allāh at ang pagtalima sa Kanya;

Ang pagkakasagawa ng wudū' at ang kadalisayan ng damit at lugar;

Ang pagharap sa qiblah;

Ang paghiling ng pagkukupkop ni Allāh laban sa demonyong isinumpa kaya naman itinuturing na kaibig-ibig ang magsabi ng: bago bumigkas sapagkat nagsabi si Allāh:

(فَإِذَا قَرَأْتَ الْقُرْآنَ فَاسْتَعِذْ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ)

{Kaya kapag bumigkas ka ng Qur'ān ay humiling ka ng pagkukupkop ni Allāh laban sa demonyong kasumpa-sumpa.} (Qur'ān 16:98)

Ang pagpapakita ng pagpipitagan sa pagtitipon ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān;

Ang pagpapatupad ng mga patakaran ng Tajwīd;

Ang pagpapaganda ng tinig sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān sapagkat nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Gayakan ninyo ang Qur'ān sa pamamagitan ng mga tinig ninyo."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 1470.)

Ang pagsisikap sa pagninilay-nilay sa mga kahulugan ng Marangal na Qur'ān.

Ang pagwaksi ng pagsasalita ng kabalbalan ng pag-uusap sa umpukan ng pagbigkas ng Qur'ān, malibang kapag ang pagsasalita ay para sa isang pangangailangan, tulad ng pagtugon sa pagbati, pagdalangin para sa bumahin, at pagsagot sa mu'adhdhin.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magpapatupad ako ng mga etiketa.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, magdaos ka at ang mga kaklase mo ng isang sesyon para sa pagbigkas ng maiikli sa mga surah, kasabay ng pagpapatupad ng mga etiketa ng pagbigkas at pagtawag-pansin sa sinumang nagkakamali roon.

Aktibidad 2: Magmumungkahi ako.

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **{Ang mahusay sa Qur'ān ay kasama ng mga tagapagtalang mararangal na mabubuting-loob. Ang bumibigkas ng Qur'ān at nauutal dito habang siya rito ay nahihirapan ay magkakamit ng dalawang pabuya.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 2856 at Imām Muslim: 30.)

Nagpapatunay ang ḥadīth na ito sa kainaman ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān subalit ang mga mahusay ay higit na mataas sa antas kaysa sa iba. Ayon sa liwanag niyon, makipagsanggunian ka kasama ng tagapagturo mo at mga kaklase mo kaugnay sa pagmungkahi ng mga kaparaanang aalalay sa pagpapakahusay sa Tajwīd, tulad ng:

Pagsali sa mga umpukan ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān at pagsasaulo nito sa mga masjid;

Pakikipagkasunduan sa isang shaykh na dalubhasa sa pagtuturo ng mga patakaran ng Tajwīd;

Pagpapatulong sa pamamagitan ng mga application at mga elektronikong pagpapabigkas ng Qur'ān.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pagsambit ng dhikr ay higit na mainam kaysa sa pagbigkas ng Qur'ān.

Pinapayagan para sa Muslim na putulin ang pagbigkas upang tumugon sa pagbati.

Nakapagsagawa ako ng wuḍū' at nakasuot ako ng mga malinis na kasuutan habang ako ay bumibigkas ng Qur'ān.

Ang gantimpala sa pagbigkas ng Qur'ān ay natatangi sa mga mahusay sa mga patakaran nito.

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na ḥadīth:

Nagsabi ang Propeta (s): **{Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung}**

PANUTO 3: Magsulat ka ng tatlo sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Marangal na Muşḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-kahulugan ka sa Marangal na Muşḥaf;

makapaglinaw ka ng ilan sa mga anyong pagdakila sa Marangal na Muşḥaf;

makapag-isa-isa ka ng nilalaman ng Marangal na Muşḥaf;

makapagdakila ka sa Marangal na Muşḥaf;

makapagbigay-babala ka sa mga tao laban sa pagmamaliit sa Marangal na Muşḥaf.

Ang Pagpapakilala sa Muşḥaf

Ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh.

Ang Muşḥaf ay ang aklat na naglalaman ng Marangal na Qur'ān.

Naglalaman ang Muşḥaf ng 114 surah.

Nagsisimula ito sa Sūrah Al-Fātiḥah at nagwawakas sa Sūrah An-Nās.

Ang Pagkakinakailangan ng Pagdakila sa Muṣḥaf

Ang pagdakila sa Muṣḥaf ay kinakailangan sa bawat Muslim dahil ito ay naglalaman ng Salita ni Allāh (napakataas Siya). Ang sinumang nagpitagan sa Marangal na Qur'ān ay nagpitagan nga kay Allāh at ang sinumang nagmaliit sa Qur'ān ay nagmaliit nga kay Allāh.

Ang sinumang humamak sa Muṣḥaf nang sadyaan ay tumanggi ngang sumampalataya kay Allāh, tulad ng paglalagay nito sa isang maruming lugar o pagsipa rito, at tulad niyon.

Ang mga Etiketa ng Pakikitungo sa Muṣḥaf

Ang Pangangalaga sa Muṣḥaf at ang Paglilinis Nito

Ang magandang pagkuha nito at pagbibigay nito kaya naman nag-aabot nito ang Muslim at nagbibigay siya nito sa pamamagitan ng kanang kamay.

Ang pagkakinakailangan ng pag-iingat nito at hindi paghahantad nito sa pagkasira, tulad ng paglalagay nito sa tubig o pag-iiwan nito sa mga maliit na bata.

Ang hindi pagsaling ng Muṣḥaf nang walang ṭahārah yayamang ipinagbabawal sa may ḥadath o junub ang pagsaling ng Muṣḥaf batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

"Walang sasaling sa Qur'ān kundi ang isang dalisay." (Nagsalaysay nito si Imām Mālik: 469.)

Ipinagbabawal ang pagpapasok ng Muṣḥaf sa palikuran malibang kapag pinangambahan ang pagkawala nito sapagkat pinapayagan ang pagpapasok nito roon kasabay ng paglalagay nito sa isang bag o tulad niyon.

Ang pagbabawal sa paghamak sa Muṣḥaf at sumasaklaw iyon sa:

pag-iiwan nito sa lapag dahil maaapakan ito ng mga paa;

pagsandal dito o pagtapak dito;

pagtapon nito o pagbato nito;

pagguhit o pagsusulat sa mga pahina nito ng mga pananalitang hindi naaangkop;

paggamit sa mga pahina nito sa paglilinis, at tulad niyon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at maghuhulo ako.

Ayon sa liwanag ng natutuhan mo sa aralin, mag-isip ka at magtakda ka ng saloobin mo sa mga sumusunod na usapin, pagkatapos maglahad ka nito sa pagtuturo mo para sa pagtatasa nito:

Kapag napinsala ang mga pahina ng Muṣḥaf, pinapayagan ang paglilibing nito o pagsunog nito. (Sumasang-ayon ako - Hindi ako sumasang-ayon)

Ipinagbabawal ang paglalagay ng mga aklat na panrelihiyon sa basurahan. (Sumasang-ayon ako - Hindi ako sumasang-ayon)

Pinapayagan ang pagbabalot ng pagkain ng mga papel na may āyah ng Qur'ān. (Sumasang-ayon ako - Hindi ako sumasang-ayon)

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at tutugon ako

Lumaganap sa ngayon ang mga elektronikong Muṣḥaf sa kompyuter at telepono, kaya napasasailalim ba ang mga ito sa patakarang ng Muṣḥaf na papel sa pagsasakundisyon ng ṭahārah at tulad nito?

Alamin sa link na ito.

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako at tutugon ako.

Upang madagdagan ang kaalaman mo sa Muṣḥaf, makipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pagkumpleto sa mga sumusunod na parirala:

Ang pinakamahabang surah sa Marangal na Qur'ān ay ang Sūrah

Ang Sūrah ay matatagpuan sa kalagitnaan ng Muṣḥaf at itinuturing na kaibig-ibig basahin sa araw ng Biyernes.

Tinatawag ang mga surah na bumaba bago ng Hijrah bilang mga surah na

Tinatawag ang mga surah na bumaba matapos ng Hijrah bilang mga surah na

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Pinapayagan ang pagsunog ng mga pahina ng lumang Muṣḥaf. (✓)

Bahagi ng pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf na hindi maglagay sa ibabaw nito ng anuman. (✓)

Ang Sūrah Al-Baqarah ay ang kauna-unahan sa mga surah ng Muṣḥaf. (X)

Ang pagsaling ng elektronikong Muṣḥaf ay hindi nangangailangan ng ṭahārah. (✓)

Ipinagbabawal ang paghamak sa mga aklat na panrelihiyon. (✓)

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na ḥadīth:

Nagsabi ang Propeta (s): **"Walang sasaling sa Qur'ān kundi"**

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Marangal na Qur'ān at Marangal na Muṣḥaf.

Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga anyo ng paghamak sa Marangal na Muṣḥaf.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Āyatul kursīy

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka sa Āyatul kursīy sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka sa kainaman ng Āyatul kursīy;

makapaghango ka ng mga katangian ni Allāh mula sa Āyatul kursīy;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha sa Āyatul kursīy;

makapagdakila ka sa halaga ng Āyatul kursīy.

Ang Āyatulkursīy

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمُوتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ

مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمَةِ إِلَّا بِمَا
شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمُوتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ
الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.} (Qur'ān 2:255)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Ang Āyatul kursīy ay ang pinakadakilang āyah sa Marangal na Qur'ān. Ang pagbigkas nito ay may isang dakilang kalamangan. Ito ay nangangalaga sa tao laban sa demonyo at mga kasamaan. Nasa sumusunod ang paglilinaw sa mga kahulugan nito:

(اَللّٰهُ لَا اِلٰهَ اِلَّا هُوَ)،

{Allāhu lā ilāha illā huwa... (Si Allāh, walang Diyos kundi Siya,...)}

Walang sinasamba sa totoo kundi si Allāh (napakataas Siya).

(اَلْحَيُّ)،

{...[A]lḥayyu... (...ang Buháy,...)}

Ang nailalarawan sa pagkakaroon ng lubos na buhay ayon sa paraan ng kalubusan na naaangkop kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya).

(اَلْقَيُّوْمُ)،

{...[A]lqayyūm,... (...ang Mapagpanatili...)}

Ang nagpapanatili sa bawat anuman kabilang sa mga pumapatungkol sa nilikha Niya.

(لَا تَأْخُذُهُ سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ)،

{...lā ta'khudhuhū sinatuw wa-lā nawm,...
(...Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok
ni isang pagkatulog...)}

Hindi dumadapo sa Kanya ang pagkaantok at
ang pagkatulog.

(لَهُ مَا فِي السَّمُوتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ)،

{...lahū mā fi -ssamāwāti wa-mā fi -l'ard;...
(...Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang
anumang nasa lupa...)}

Ang lahat ng nilikha ay nasa paghahari Niya at
nasa ilalim ng pamamatnugot Niya.

(مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ)،

{...man dhā -lladhī yashfa`u `indahū illā
bi'idhnih,... (...Sino itong mamamagitan sa piling
Niya malibang ayon sa pahintulot Niya?...)}

Walang nagmamay-ari na isa man ng paghiling
ng pagpapaumanhin para sa isa pa malibang ayon
sa pahintulot Niya (napakataas Siya).

(يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ)،

{...ya`lamu mā bayna aydīhim wa-mā khalfahum,... (...Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila...)}}

Ang kaalaman ni Allāh ay nakapaligid sa lahat ng mga umiiral: sa nakaraan ng mga ito, sa kasalukuyan ng mga ito, at sa hinaharap ng mga ito.

(وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ)،

{...wa-lā yuḥīṭūna bi-shay'im min `ilmihī illā bimā shā'},... (...Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya...))

Walang nakababatid na isa man mula sa kaalaman ni Allāh sa anuman malibang ayon sa kalooban ni Allāh (napakataas Siya).

(وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ)،

{...wasi'a kursīyuhu -ssamāwāti wa-l'ard,... (...Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa...))

Ang silya ay isang dakilang nilikha na pumapaligid sa mga langit at lupa.

(وَلَا يُوَدُّهُ حِفْظُهُمَا)،

{...wa-lā ya'ūduhū hifḏuhumā,... (...at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito...)}
Hindi nawawalang- kakāyahan si Allāh sa pag-iingat sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito.

(وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ)،

{...wa-huwa -l`alīyu -l`aḏīm. (...Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.)}

Ang Mataas sa sarili Niya at mga katangian Niya higit sa lahat ng mga nilikha Niya, ang Sukdulan sa paghahari Niya at kapamahalaan Niya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang Āyatul kursīy ay ang pinakadakila sa mga āyah ng Marangal na Qur'ān sa kainaman.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nailalarawan sa katangian ng bawat kalubusan at pinawalang-kinalaman sa alinmang kakulangan.

Ang kaalaman ni Allāh ay sumasaklaw sa bawat bagay.

Ang kursiy (silya) ni Allāh ay isang dakilang nilikha kabilang sa mga nilikha ni Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako.

Hanguin mo mula sa Āyatul kursiy ang mga pananalitang nagpapahiwatig sa mga sumusunod na katangian ni Allāh:

Ang Katangian Ang Pananalitang
Nagpapahiwatig sa mga Iyon Mula sa Āyatulkursiy

Si Allāh ay tagapagpanatili ng bawat bagay.

Ang kaalaman ni Allāh ay sumasaklaw sa bawat bagay.

Si Allāh ay hindi napawawalang-kakāyahan ng anumang.

Si Allāh ay hindi nagpapahinga at hindi natutulog.

Aktibidad 2: Magtatakda ako at maghahango ako.

Itinuturing na kaibig-ibig ang pagbigkas ng Āyatul kursīy matapos ng mga ṣalāh, bago matulog, at sa umaga at gabi. Ayon sa liwanag niyon, takdaan mo ang oras na nasasaad sa sumusunod na ḥadīth at ipaliwanag mo ang gantimpala sa pagbigay ng Āyatul kursīy sa oras na ito.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Ang sinumang bumigkas ng Āyatul kursīy sa katapusan ng bawat ṣalāh na iniatas, walang makakapagpigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso kundi ang kamatayan."** (Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'īy sa Sunan Al-Kubrā: 9848.)

Ang oras ng pagbigkas ay:

Ang gantimpala ng pagbigkas ay:
.....

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Nag-utos sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bumigkas ng Āyatul kursīy sa bawat ṣalāh.

Hindi tinatanggap ang pamamagitan ng isa man malibang may pahintulot ni Allāh.

Ang kaalaman ni Allāh ay natatangi sa mga kalagayan ng jinn at tao bukod sa iba pa.

Ibinibilang na sunnah ang pagbigkas ng Āyatulkursīy bago matulog at matapos magsagawa ng ṣalāh.

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng mga sumusunod na bahagi mula sa Āyatulkursīy:

(الْحَيُّ الْقَيُّومُ). (لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ). (وَلَا يُوَدُّهُ حِفْظُهُمَا).

{ ang Buháy, ang Mapagpanatili }

{Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog}

{at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito}

PANUTO 3: Ang Āyatul kursīy ay ang pinakadakila sa mga āyah ng Marangal na Qur'an. Magpaliwanag ka niyon.

Ang Paglilinaw Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aṣr

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha mula sa mga āyah;

makapagpasalamat ka kay Allāh sa mga biyaya Niya;

makapagdakila ka sa halaga ng Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aṣr.

Sūrah At-Takāthur

Sūrah At-Takāthur

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ۝ ۱ حَتَّىٰ زُرْتُمُ الْمَقَابِرَ ۚ
كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ۚ ۳ ثُمَّ كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ۚ ۴ كَلَّا لَوْ تَعْلَمُونَ
عِلْمَ الْيَقِينِ ۚ ۵ لَتَرَوُنَّ الْجَحِيمَ ۚ ۶ ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا عَيْنَ الْيَقِينِ ۚ ۷ ثُمَّ
لَتُسْأَلُنَّ يَوْمَئِذٍ عَنِ النَّعِيمِ ۚ ۸

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Alhākumu –ttakāthur (Nagpalibang sa inyo ang pagpaparamihan)}

{2. Ḥattā zurtumu -lmaqābir. (hanggang sa dumalaw kayo sa mga pinaglilibingan.)}

{3. Kallā sawfa ta`lamūn (Aba'y hindi! Malalaman ninyo.)}

{4. Thumma kallā sawfa ta`lamūn. (Pagkatapos, aba'y hindi! Malalaman ninyo.)}

{5. Kallā law ta`lamūna `ilma -lyaqīn, (Aba'y hindi! Kung sakaling nalalaman ninyo nang may kaalaman ng katiyakan,)}

{6. La-tarawunna -ljahīm. (talagang makikita nga ninyo ang Impiyerno.) 7. Thumma la-tarawunnahā `ayna -lyaqīn. (Pagkatapos talagang makikita nga ninyo iyon nang may mata ng katiyakan.)}

{7. Thumma la-tarawunnahā `ayna -lyaqīn.
(Pagkatapos talagang makikita nga ninyo iyon
nang may mata ng katiyakan.)}

{8. Thumma la-tus'alunna yawma'idhin `ani -
nna`īm. (Pagkatapos talagang tatanungin nga kayo
sa Araw na iyon tungkol sa kaginhawahan.)}

(Qur'ān 102:1-8)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagbibigay-babala sa atin si Allāh (napakataas
Siya) laban sa pagpapakaabala sa Mundo at mga
natatamasa rito palayo sa pagtutuos at pagganti sa
Kabilang-buhay sapagkat nagsabi si Allāh:

(اَلْهٰكُمْ التَّكَاثُرُ (١) حَتَّى زُرْتُمُ الْمَقَابِرَ)،

{1. Alhākumu -ttakāthur (Nagpalibang sa
inyo ang pagpaparamihan)}

{2. Ḥattā zurtumu -lmaqābir. (hanggang sa
dumalaw kayo sa mga pinaglilibingan.)}

Nakaabala sa inyo ang pagmamayabangan sa
mga yaman at mga anak palayo sa pagtalima kay

Allāh hanggang sa pinapanaw kayo at inilibing kayo sa mga libingan.

(كَأَلَّا سَوَفَ تَعْلَمُونَ ٣ ثُمَّ كَلَّا سَوَفَ تَعْلَمُونَ ٤)،

{3. Kallā sawfa ta`lamūn (Aba'y hindi! Malalaman ninyo.)}

{4. Thumma kallā sawfa ta`lamūn. (Pagkatapos, aba'y hindi! Malalaman ninyo.)}

Makaalam kayo sa kahihinatnan ng pagpapakaabalang iyon sa Mundo sa Araw ng Pagbangon at makatatalos kayo na ang tahananang pangkabilang-buhay ay higit na mabuti para sa inyo at higit na nananatili.

(كَأَلَّا لَوْ تَعْلَمُونَ عِلْمَ الْيَقِينِ ٥)،

{5. Kallā law ta`lamūna `ilma -lyaqīn, (Aba'y hindi! Kung sakaling nalalaman ninyo nang may kaalaman ng katiyakan,)}

Kaya tunay na kayo, kung sakaling nakaalam kayo nang tiyakan na si Allāh ay makikipagtuos sa inyo sa pinagkaabalan ninyo sa Mundo palayo sa Kabilang-buhay.

(لَتَرَوُنَّ الْجَحِيمَ ٦ ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا عَيْنَ الْيَقِينِ ٧)،

{6. La-tarawunna –ljahīm. (talagang makikita nga ninyo ang Impiyerno.)}

{7. Thumma la-tarawunnahā `ayna –lyaqīn. (Pagkatapos talagang makikita nga ninyo iyon nang may mata ng katiyakan.)}

Tunay na kayo ay makakikita sa Impiyerno sa Araw ng Pagbangon at mag-uulit-ulit ng pagtingin doon hanggang sa makatiyak kayo roon.

(ثُمَّ لَتُسَلَّنَّ يَوْمَئِذٍ عَنِ النَّعِيمِ ٨)،

{8. Thumma la-tus'alunna yawma'idhin `ani – nna`īm. (Pagkatapos talagang tatanungin nga kayo sa Araw na iyon tungkol sa kaginhawahan.)}

Pagkatapos magtatanong sa inyo si Allāh (napakataas Siya) tungkol sa mga uri ng mga biyaya na ibinigay Niya sa inyo sa Mundo.

Sūrah Al-`Aşr

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ وَالْعَصْرِ ۱ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ ۨ إِلَّا
 الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا
 بِالصَّبْرِ ۢ

{Bismi –llāhi –rrahmāni –rrahīm. (Sa ngalan
 ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Wa-l`aşri, (Sumpa man sa panahon,)}

2. tunay na ang tao ay talagang nasa isang
 pagkalugi,

{3. Illa –lladhīna āmanū wa-`amilu –şşālihāti
 wa-tawāşaw bi-lḥaqqi wa-tawaşaw bi-şşabr.
 (maliban sa mga sumampalataya, gumawa ng mga
 maayos, nagtagubilinan ng katotohanan, at
 nagtagubilinan ng pagtitiis.)}

(Qur'ān 103:1-3)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Naglilinaw sa atin ang marangal na surah na
 ito ng reyalidad ng pagtubo at pagkalugi sa buhay
 na ito sapagkat nagsasabi si Allāh:

، وَالْعَصْرِ (١)

{1. Wa-l`aşri, (Sumpa man sa panahon,,)}

Sumusumpa si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya)
sa oras ng hapon o sa panahon sa kabuuan nito.

(إِنَّ الْإِنْسَانَ لِفِي خُسْرٍ (٢) إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ
وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ (٣)

{2. Inna -l'insāna la-fi khusr, (tunay na ang tao
ay talagang nasa isang pagkalugi,,)}

{3. Illa -lladhīna āmanū wa-`amilu -şşālihāti
wa-tawāşaw bi-lḥaqqi wa-tawaşaw bi-şşabr.
(maliban sa mga sumampalataya, gumawa ng mga
maayos, nagtagubilinan ng katotohanan, at
nagtagubilinan ng pagtitiis.))

Sumusumpa si Allāh na ang lahat ng mga tao
ay nasa isang kalugihan maliban sa apat na uri. Sila
ay:

ang mga sumampalataya kay Allāh;

ang mga gumawa ng mga maayos;

ang mga nagpayuhan sa isa't isa sa kanila sa pagpapakatatag sa katotohanan (ang Relihiyong Islām);

ang mga nagtagubilinan sa pagtitiis sa bawat naunang nabanggit;

ang mga nailalarawan sa apat na katangiang ito ay ang mga tutubo sa Kabilang-buhay.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Nagbibigay-babala si Allāh (napakataas Siya) sa mga lingkod Niya laban sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon upang maghanda sila para rito sa pamamagitan ng gawang maayos.

Tutuusin ang mga tao sa Araw ng Pagbangon sa mga biyaya ni Allāh at walang magliligtas sa kanila kundi ang pagpapasalamat sa mga ito at ang paggamit sa mga ito sa pagtalima kay Allāh.

Ang marunong ay ang sinumang tumalima kay Allāh bago siya makakita sa pagdurusang dulot ni Allāh sa pamamagitan ng mga mata niya.

Sumusumpa si Allāh sa anumang niloloob Niya mula sa nilikha Niya subalit hindi pinapayagan sa tao na sumumpa malibang kay Allāh.

Ang lahat ng mga tao ay nasa kalugihan maliban sa sinumang sumampalataya kay Allāh,

gumawa ng maayos, nag-anyaya tungo sa katotohanan at kabutihan, at nagtuos doon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtalakayan ako sa mga kaklase ko.

Hahatiin ang mga estudyante sa dalawang grupo:

Magtatalakayan ang unang grupo kaugnay sa pagtatakda ng tatlong bagay mula sa mga nauukol sa Mundo na pinupuri ang pagpaparami sa mga ito;

Magtatalakayan ang ikalawang grupo kaugnay sa pagtatakda ng tatlong bagay mula sa mga nauukol sa Mundo na pinupulaan ang pagpaparami sa mga ito.

Pagkatapos maglalahad ang bawat grupo ng isinulat nito sa tagapagturo upang magsagawa siya ng pagtatasa rito at magtatalakay ang lahat kaugnay sa isinulat.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at magpapaliwanag ako.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na kumain ito ng pagkain para magpasalamat ito sa Kanya dahil doon o uminom ito ng inumin para magpasalamat ito**

sa Kanya dahil doon." (Nagsalaysay nito si Imām: 2734.)

Sa pamamagitan ng ḥadīth na ito, ipaliwanag mo ang tungkulin natin tungo sa mga biyaya ni Allāh.

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako at magpapaliwanag ako.

Nagsabi si Imām Ash-Shāfi`īy (malugod si Allāh sa kanya) tungkol sa Sūrah Al-`Aṣr: **"Kung sakaling nagmuni-muni ang mga tao sa surah na ito, talaga sanang sumaklaw ito sa kanila."**

Makikipagtalakayan ka sa tagapagturo mo hinggil sa mga kadahilanan ng kainamang iyon ng Sūrah Al-`Aṣr kasama ng paglilinaw sa mga pagtalima at mga katangian na nilaman nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Pinapayagan sa Muslim na magpakaabala sa hinaba-haba ng oras niya sa pagtipon ng yaman. (X)

Kinakailangan ang paghahanda para sa pagtutuos sa mga biyaya. (✓)

Pinapayagan sa Muslim ang panunumpa sa panahon dahil si Allāh ay nanumpa rito. (X)

Ang yaman ay salot maliban sa sinumang kumita nito mula sa ipinahihintulot at gumugol nito sa ipinahihintulot. (✓)

PANUTO 2: Ipaliwanag mo ang kahulugan ng mga sumusunod na āyah nang maiksi:

_ (أَلْهَكُمُ التَّكَاثُرُ ۚ) . حَتَّىٰ زُرْتُمُ الْمَقَابِرَ) _ (وَالْعَصْرِ ۝١) .

{1. Alhākumu –ttakāthur (Nagpalibang sa inyo ang pagpaparamihan)}

{2. Ḥattā zurtumu –lmaqābir. (hanggang sa dumalaw kayo sa mga pinaglilibingan.)}

{1. Wa-l`aşri, (Sumpa man sa panahon,)}

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang tungkulin natin tungo sa mga biyaya ni Allāh sa atin?

Ipaliwanag mo ang nahinuha mo mula sa pagpapakahulugan sa Surah al-Asr.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fil at Sūrah Al-Humazah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha mula sa mga āyah;

makapagbigay-babala ka sa pamilya mo laban sa panlilibak, paninirang-puri, at tulad ng mga ito;

makapagdakila ka sa halaga ng Makkah Mukarramah.

Ang Sūrah Al-Humazah

Ang Sūrah Al-Humazah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ ١ الَّذِي جَمَعَ مَالًا
وَعَدَدَهُ ٢ يَحْسَبُ أَنَّ مَالَهُ أَخْلَدَهُ ٣ كَلَّا لَيُنْبَذَنَّ فِي الْحُطَمَةِ ٤ وَمَا
أَدْرَاكَ مَا الْحُطَمَةُ ٥ نَارُ اللَّهِ الْمَوْقَدَةُ ٦ الَّتِي تَطَّلِعُ عَلَى الْأَفْئِدَةِ
٧ إِنَّهَا عَلَيْهِمْ مُّوَصَدَةٌ ٨ فِي عَمَدٍ مُمَدَّدَةٍ ٩

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Waylul li-kulli humazatil lumazah, (Kapighatian ay ukol sa bawat palalibak na mapanirang-puri,))}

{2. Alladhī jama`a malaw wa-`addadah, (na nag-ipon ng yaman at bumilang-bilang nito,))}

{3. Yaḥsabu anna mālahū akhladah. (habang nag-aakala na ang yaman niya ay magpapanatili sa kanya.))}

{4. Kallā la-yumbadhanna fi -lḥuṭamah. (Aba'y hindi! Talagang ihahagis nga siya sa Mapangwasak.))}

{5. Wa-mā adrāka ma -lḥuṭamah? (Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Mapangwasak?))}

{6. Nāru –llāhi –lmūqadah, ([Ito ay] ang Apoy ni Allāh, na ginagatungan,))}

{7. Allatī tatṭali`u `ala –l'af'idah. (na nanunuot sa mga puso.))}

{8. Innahā `alayhim mu'ṣadah, (Tunay na ito sa kanila ay itataklob,))}

{9. Fī `amadim mumaddadah. (sa mga haliging pinahaba.))}

(Qur'ān 104:1-9)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Sa marangal na surah na ito ay may isang matinding banta sa mga nanunuya at mga nagpapakamalaki sa mga mananampalataya sapagkat nagsabi si Allāh:

﴿وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ﴾ ١

{1. Waylul li-kulli humazatil lumazah, (Kapighatian ay ukol sa bawat palalibak na mapanirang-puri,))}

Nagbabanta si Allāh (napakataas Siya) ng pagkasawi at pagdurusang sa bawat sinumang nanlilibak sa mga mananampalataya at nanirang-puri sa relihiyon nila at mga dangal nila.

(الَّذِي جَمَعَ مَالًا وَعَدَّدَهُ ۚ يَحْسَبُ أَنَّ مَالَهُ أَخْلَدَهُ ۝۳)

{2. Alladhī jama`a malaw wa-`addadah, (na nag-ipon ng yaman at bumilang-bilang nito,))}

{3. Yaḥṣabu anna mālahū akhladah. (habang nag-aakala na ang yaman niya ay magpapanatili sa kanya.))}

Ang nagpakaabala sa pagtipon ng yaman at pagbibilang-bilang nito habang siya ay nagpapalagay na ang yamang ito ay magliligtas sa kanya mula sa kamatayan at anumang matapos nito na pagtutuos at pagganti.

(كَأَلَّا لَيُبَدِّلَنَّهُ فِي الْخُطْمَةِ ۝۴)

{4. Kallā la-yumbadhanna fi -lḥuṭamah. (Aba'y hindi! Talagang ihahagis nga siya sa Mapangwasak.))}

Ang usapin ay hindi gaya ng ipinagpapalagay ng taong ito sapagkat hindi makapagliligtas sa kanya ang yaman niya laban sa pagdurusa at itatapon siya sa isang apoy na magkakabali-bali at magkakadurig-durog ang bawat itatapon doon.

(وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْحُطْمَةُ ٥ نَارُ اللَّهِ الْمُوقَدَةُ ٦ الَّتِي تَطَّلِعُ عَلَى
الْأَفْقَةِ ٧)،

{5. Wa-mā adrāka ma –lḥuṭamah? (Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Mapangwasak?)}

{6. Nāru –llāhi –lmūqadah, ([Ito ay] ang Apoy ni Allāh, na ginagatungan,)}

{7. Allatī taṭṭali`u `ala –l'af'idah. (na nanunuot sa mga puso.)}

Ano ang nagpaalam sa iyo kung ano ang reyalidad ng apoy na ito? Tunay na ito ay ang nagniningas na apoy ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), na manunuot ang matinding liyab nito mula sa mga katawan hanggang sa mga puso.

إِنَّهَا عَلَيْهِمْ مُّوَصَّدَةٌ ٨ فِي عَمَدٍ مُّمَدَّدَةٍ ٩)،

{8. Innahā `alayhim mu'ṣadah, (Tunay na ito sa kanila ay itataklob,))}

{9. Fī `amadim mumaddadah. (sa mga haliging pinahaba.))}

Tunay na ang apoy na ito ay isasara sa mga maninirahan dito. Igagapos sila sa mga tanikala at mga mahabang kulyar at hindi nila makakaya ang paglabas mula roon.

Sūrah Al-Fīl

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَابِ الْفِيلِ
۱ أَلَمْ يَجْعَلْ كَيْدَهُمْ فِي تَضْلِيلٍ ۲ وَأَرْسَلَ عَلَيْهِمْ طَيْرًا أَبَابِيلَ ۳
تَرْمِيهِمْ بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ ۴ فَجَعَلَهُمْ كَعَصْفٍ مَّأْكُولٍ ۵

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.))}

{1. A-lam tara kayfa fa`ala rabbuka bi-aṣḥābi -lfil? (Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang ginawa ng Panginoon mo sa mga kasamahan ng elepante?))}

{2. A-lam yaj`al kaydahum fī taḍlīl? (Hindi ba Siya gumawa sa panlalansi nila [na mauwi] sa isang pagkawala?)}

{3. Wa-arsala `alayhim ṭayran abābīl, (Nagsugo Siya sa kanila ng mga ibon na kawan-kawan,)}

{4. Tarmīhim bi-ḥijaratim min sijjīl. (na nagpupukol sa kanila ng mga batong mula sa luwad na nanigas.)}

{5. Fa-ja`alahum ka-`aṣṣim ma'kūl. (Kaya gumawa Siya sa kanila gaya ng uhay na kinainan.)}
(Qur'ān 105:1-5)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagpapaalaala sa atin ang marangal na surah na ito hinggil sa pangangalaga ni Allāh sa Bahay na Pinakababanal laban sa mga kasamahan ng mga elepante sapagkat nagsasabi Siya:

(أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَابِ الْفِيلِ ۚ)

{1. A-lam tara kayfa fa`ala rabbuka bi-aṣḥābi –
lfil? (Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang
ginawa ng Panginoon mo sa mga kasamahan ng
elepante?)}

Hindi ka ba nakaalam sa ginawa ni Allāh
(napakataas Siya) kay Abrahah, ang Etyopiyo, at sa
hukbo niya nang dumating sila kasama ng mga
elepante, na nagnanais na wasakin ang Ka`bah?

(أَلَمْ يَجْعَلْ كَيْدَهُمْ فِي تَضْلِيلٍ ۚ)

{2. A-lam yaj`al kaydahum fī taḍlīl? (Hindi ba
Siya gumawa sa panlalansi nila [na mauwi] sa
isang pagkawala?)}

Talaga ngang nagpawalang-saysay si Allāh
(napakataas Siya) sa ipinanukala nilang kasamaan
sapagkat hindi nila nakayang wasakin ang Ka`bah
o magpabaling sa mga tao palayo sa pagdakila sa
Bahay na Pinakababanal.

(وَأَرْسَلَ عَلَيْهِمْ طَيْرًا أَبَابِيلَ ۖ)

{3. Wa-arsala `alayhim ṭayran abābīl,
(Nagsugo Siya sa kanila ng mga ibon na kawan-
kawan,))}

Nagsugo si Allāh laban sa kanila ng mga
nagkakasunurang pangkat ng mga ibon.

،(تَرْمِيهِمْ بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ ۙ ٤)

{4. Tarmīhim bi-ḥijaratim min sijjīl. (na
nagpupukol sa kanila ng mga batong mula sa
luwad na nanigas.))}

Nagbabato sa kanila ng mga batong yari sa
luwad na nagsabato.

،(فَجَعَلَهُمْ كَعَصْفٍ مَّأْكُولٍ ۝ ٥)

{5. Fa-ja`alahum ka-`aṣṣim ma'kūl. (Kaya
gumawa Siya sa kanila gaya ng uhay na kinainan.))}

Kaya sila ay naging gaya ng mga dahon ng
tuyong tanim, na kinain ng mga hayop pagkatapos
itinapon.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga
marangal na āyah:

Ang panlilibak, paninirang-puri, panunuya, at panunuya ay nagpapalaganap ng pagkamuhi sa pagitan ng mga tao;

Ang banta ng pagdurusa sa Kabilang-buhay sa sinumang nasasadlak sa paninirang-puri, panunuya, at panunuya;

Ang kadakilaan ng katayuan ng Bahay na Pinakababanal sa ganang kay Allāh;

Ang kakāyahan ni Allāh sa pagpapasawi sa sinumang nagpapakapalalo at lumalabag sa mga pinakababanal ni Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako at magpapaliwanag ako.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا يَسْخَرْ قَوْمٌ مِّن قَوْمٍ عَسَىٰ أَن يَكُونُوا خَيْرًا مِّنْهُمْ وَلَا نِسَاءٌ مِّن نِّسَاءٍ عَسَىٰ أَن يَكُنَّ خَيْرًا مِّنْهُنَّ وَلَا تَلْمِزُوا أَنفُسَكُمْ وَلَا تَنَابَزُوا بِاللِّغْلِيبِ بَشِّرَ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أَنَّ لَهُمْ أَجْرًا كَبِيرًا وَمَن لَّمْ يَتُبْ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ)

{O mga sumampalataya, huwag manuya ang ilang lalaki sa ilang lalaki: baka ang mga [tinutuyang] ito ay higit na mabuti kaysa sa kanila

[na nanunuya]; at huwag [manuya] ang ilang babae sa ilang babae: baka ang mga [tinutuyang] ito ay higit na mabuti sa kanila [na nanunuya]. Huwag kayong manuligsa sa isa't isa sa inyo at huwag kayong magtawagan ng mga [masamang] taguri. Kay saklap bilang pangalan ang kasuwailan matapos ng pananampalataya. Ang sinumang hindi nagbalik-loob, ang mga iyon ay ang mga tagalabag sa katarungan.} (Qur'ān 49:11)

Makilahok ka sa mga kaklase mo sa pagbigkas ng āyah na ito, pagkatapos makipagtulungan ka sa paglilinaw sa sumusunod:

Ano ang kadahilanan ng pagsaway laban sa panunuya sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya.

Ano ang kahatulan sa mga nagpupumilit sa mga gawaing ito at hindi nagbabalik-loob mula sa mga ito?

Aktibidad 2: Magsasaliksik ako at tutugon ako.

Makinig ka sa isa sa mga panayam o mga video clip tungkol sa kasaysayan ng mga kasamahan ng elepante, pagkatapos sagutin mo ang sumusunod:

Sino si Abrahah?

Ano ang kadahilanan ng pagdating ni Abrahah sa Makkah kasama ng hukbo niya?

Ano ang saloobin ng mga mamamayan ng Makkah sa hukbong ito?

ano ang epekto ng pangyayaring iyon sa katayuan ng liping Quraysh sa mga Arabe?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Naganap ang insidente ng [pagsalakay ng] mga elepante ilang buwan bago ng pagsusugo kay Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang panunuya at ang pamimintas ay hindi kabilang sa mga kaasalan ng mga mananampalataya.

Ang panlilibak at ang paninirang-puri ay kabilang sa mga maliit na pagkakasala.

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng mga sumusunod na āyah nang maiksi:

(وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ ۚ الَّذِي جَمَعَ مَالًا وَعَدَّدَهُ ۚ) . (تَرْمِيهِمْ
بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ ۚ فَجَعَلَهُمْ كَعَصْفٍ مَّأْكُولٍ ۝٥) .

{1. Waylul li-kulli humazatil lumazah, (Kapighatian ay ukol sa bawat palalibak na mapanirang-puri,))}

{2. Alladhī jama`a malaw wa-`addadah, (na nag-ipon ng yaman at bumilang-bilang nito,))}

{4. Tarmīhim bi-ḥijaratim min sijjīl. (na nagpupukol sa kanila ng mga batong mula sa luwad na nanigas.))}

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magbuod ka ng kasaysayan ng mga kasamahan ng mga elepante gaya ng natutuhan mo sa aralin.

Magharap ng isang pananalita sa sinumang nanunuya sa mga tao at lumalait sa mga dangal nila.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapaglinaw ka sa saloobin ng liping Quraysh sa mga biyaya ni Allāh sa kanila;

makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa mga marangal na āyah;

makaiwas ka sa mga katangian ng mga tagapagpasinungaling sa Kabilang-buhay at mga nalilingat doon;

Ang Sūrah Quraysh

(بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ لِإِيلَافِ قُرَيْشٍ ١ الْفِهِمْ رِحْلَةَ الشِّتَاءِ
وَالصَّيْفِ ٢ فَلْيَعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ ٣ الَّذِي أَطْعَمَهُمْ مِنْ جُوعٍ
وَأَمَّنَّهُمْ مِنْ خَوْفٍ ٤)

{Bismi –llāhi –rrahmāni –rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. Li-īlāfi quraysh – (Dahil sa pagkahirati sa Quraysh –)}

{2. Īlāfihim riḥlata -shshitā'I wa-ṣṣayf - (sa pagkahirati nila sa paglalakbay sa taglamig at tag-init -)}

{3. Fa-l-ya`budū rabba hādha -lbayt, (ay sumamba sila sa Panginoon ng Bahay na ito,)}

{4. Alladhī aṭ'amahum min jū'iw wa-āmanahum min khawf, (na nagpakain sa kanila mula sa pagkagutom at nagpatiwasay sa kanila mula sa pangamba.)}

(Qur'ān 106:1-4)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Kumukumpleto ang marangal na surah na ito sa paglilinaw sa kabutihang-loob ni Allāh sa mga mamamayan ng Makkah sapagkat nagsasabi Siya:

﴿لَا يَلْفُ قُرَيْشٌ ۝ ۱ إِلَّا فِهِمْ رِحْلَةَ الشِّتَاءِ وَالصَّيْفِ ۝ ۲﴾،

{1. Li-īlāfi quraysh - (Dahil sa pagkahirati sa Quraysh -)}

{2. Īlāfihim riḥlata -shshitā'l wa-ṣṣayf - (sa pagkahirati nila sa paglalakbay sa taglamig at tag-init -)}

Alang-alang sa kaugalian ng Quraysh at nakagawian nila na mga paglalakbay pangkalakalan sa taglamig sa Yemen at sa tag-init sa Sirya.

(فَلْيَعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ ۖ (۳)

{3. Fa-l-ya`budū rabba hādha -lbayt, (ay sumamba sila sa Panginoon ng Bahay na ito,)}

Kailangan sa kanila na sumamba kay Allāh (napakataas Siya) - tanging sa Kanya - na Panginoon ng Bahay na Pinakababanal na ito, na nagpadali para sa kanila ng mga paglalakbay na iyon,

(الَّذِي أَطْعَمَهُمْ مِنْ جُوعٍ وَءَامَنَهُمْ مِنْ خَوْفٍ ۚ) (۴)

{4. Alladhī aṭ'amahum min jū'iw wa-āmanahum min khawf, (na nagpakain sa kanila mula sa pagkagutom at nagpatiwasay sa kanila mula sa pangamba.)}

na nagbigay sa kanila ng panustos at katiwasayan sa bayan nila.

Ang Sūrah Al-Mā`ūn

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ أَرَأَيْتَ الَّذِي يُكَذِّبُ بِالْأَيْدِينَ ۝ فَذَلِكَ الَّذِي
يَدْعُ الْيَتِيمَ ۝ وَلَا يَحْضُ عَلَىٰ طَعَامِ الْمَسْكِينِ ۝ فَوَيْلٌ لِلْمُصَلِّينَ
۝ الَّذِينَ هُمْ عَنْ صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ ۝ الَّذِينَ هُمْ يُرَآءُونَ ۝
وَيَمْنَعُونَ الْمَاعُونَ ۝ (۷)

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

{1. A-ra'ayta –lladhī yukadhdhibu bi-ddīn?
(Nakakita ka ba sa nagpapasinungaling sa pagtutumbas?)}

{2. Fa-dhālika –lladhī yadu`u –lyatīm
(Sapagkat iyon ay ang nagsasalya sa ulila)}

{3. Wa-lā yaḥuḍḍu `alā ṭa`āmi –lmiskīn. (at hindi nanghihikayat sa pagpapakain sa dukha.)}

{4. Fa-waylul lilmuṣallīn, (Kaya kapighatian ay ukol sa mga tagapagdasal,))}

{5. Alladhīna hum `an ṣalātihim sāhūn, (na sila sa pagdarasal nila ay mga nagpapabaya,))}

{6. Alladhīna hum yurā'ūna (na sila ay nagpapakitang-tao))}

{7. Wa-yamna`ūna -lmā`ūn. (at nagkakait ng munting tulong.))}

(Qur'ān 107:1-7)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Naglalarawan ang marangal na surah ng mga kaasalan ng mga tagapagpasinungaling sa Kabilang-buhay upang makapag-ingat tayo laban sa mga ito at makaiwas tayo sa paggawa ng mga ito sapagkat nagsasabi si Allāh:

(أَرَأَيْتَ الَّذِي يُكَذِّبُ بِالْءِءِينِ ۙ)

{1. A-ra'ayta -lladhī yukadhdhibu bi-ddīn?
(Nakakita ka ba sa nagpapasinungaling sa
pagtutumbas?)}

Hindi ka ba nakaalam sa kalagayan ng
nagpapasinungaling sa pagbubuhay na muli at
pagganti sa Araw ng Pagbangon?

(فَذَلِكَ الَّذِي يَدْعُ أَلَيْتِيْمَ ۲)،

{2. Fa-dhālika -lladhī yadu`u -lyatīm
(Sapagkat iyon ay ang nagsasalya sa ulila)}

Iyon ay ang nagtutulak sa ulila nang may
karahasan at humahamak dito

(وَلَا يَحْضُ عَلَى طَعَامِ الْمِسْكِيْنَ ۳)،

{3. Wa-lā yaḥuḍḍu `alā ṭa`āmi -lmiskīn. (at
hindi nanghihi kayat sa pagpapakain sa dukha.)}

at hindi nag-uutos ng pagpapakain sa dukha at
hindi nakikipagtulungan doon.

(فَوَيْلٌ لِلْمُصَلِّيْنَ ۴ الَّذِيْنَ هُمْ عَنْ صَلَاتِهِمْ سَاهُوْنَ ۵)،

{4. Fa-waylul lilmuṣallīn, (Kaya kapighatian ay ukol sa mga tagapagdasal,) 5. Alladhīna hum `an ṣalātihim sāhūn, (na sila sa pagdarasal nila ay mga nagpapabaya,))}

Kaya ang matinding pagdurusa ay ukol sa mga nagwawalang-bahala sa pagdarasal nila at hindi nagsasagawa nito sa oras nito,

(الَّذِينَ هُمْ يُرْءَاوْنَ ۖ ٦)،

{6. Alladhīna hum yurā'ūna (na sila ay nagpapakitang-tao))}

na nagpapakita ng paggawa ng kabutihan at pagtalima sa harapan ng mga tao bilang pakitang-tao,

(وَيَمْنَعُونَ الْمَاعُونَ ۖ ٧)،

{7. Wa-yamna`ūna -lmā`ūn. (at nagkakait ng munting tulong.))}

at nagkakait ng kapakinabangan ng mga ito at pagpapahiram sa kanila ng kinakailangan nila gaya ng mga kaldero at iba pa sa mga ito. Kaya naman hindi sila gumawa ng maganda sa

pagsamba sa Panginoon nila ni sila ay gumawa ng maganda sa nilikha Niya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang katiwasayan at ang pagkakaroon ng makakain at maiinom ay kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya ni Allāh (napakataas Siya) sa atin.

Nagtatagal ang mga biyaya sa pamamagitan ng pagpapasalamat kay Allāh sa mga ito at naglalaho ang mga ito dahil sa kawalang-pasasalamat sa mga ito at pagkakaila sa mga ito.

Ang mga tagapagpasinungaling sa Kabilang-buhay at ang mga nalilingat doon ay hindi gumaganap sa karapatan ni Allāh ni sa karapatan ng mga lingkod Niya sapagkat nagkakait sila ng kabutihan sa mga tao at hindi nagpaparangal sa mga ulila at mga mahina.

Ang pagkapanganib sa tao ng pagpapakitang-tao at pagwaksi sa ṣalāh sa Araw ng Pagbangon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay-pansin ako at magpapaliwanag ako.

Tumingin ka sa nakatapat na mapa upang mapag-alaman mo ang mga pook na pinaglalakbayang pangnegosyo ng mga Quraysh.

Ipaliwanag mo ang saloobin ng liping Quraysh sa mga biyayang iyon.

Aktibidad 2: Makakikilala ako ng kaibahan.

Isulat mo mula sa Sūrah Al-Mā`ūn ang mga āyah na naglalarawan sa kalagayan ng mga tagapagpasinungaling alinsunod sa hinihiling sa talahanayan:

Ang Kalagayan Nila Kaugnay sa mga Ulila

(فَذَلِكِ الَّذِي يَدْعُ الْآيَّتِمْ)

{2. Fa-dhālika -lādhi yadu`u -lyatīm
(Sapagkat iyon ay ang nagsasalya sa ulila)}

Ang Kalagayan Nila Kaugnay sa mga dukha

(وَلَا يَحْضُ عَلَى طَعَامِ الْمَسْكِينِ ۝ ۳)

{3. Wa-lā yaḥuḍḍu `alā ṭa`āmi -lmiskīn. (at hindi nanghihiikayat sa pagpapakain sa dukha.)}

Ang Kalagayan Nila Kaugnay sa Pagdarasal

(قَوْلٍ لِلْمُصَلِّينَ ۚ الَّذِينَ هُمْ عَنْ صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ ۝ ۵)

{4. Fa-waylul lilmuṣallīn, (Kaya kapighatian ay ukol sa mga tagapagdasal,)}

{5. Alladhīna hum `an ṣalātihim sāhūn, (na sila sa pagdarasal nila ay mga nagpapabaya,))

Ang Kalagayan Nila Kaugnay sa Pagpapakawagas

(الَّذِينَ هُمْ يُرْءَاوْنَ ٦)

{6. Alladhīna hum yurā'ūna (na sila ay nagpapakitang-tao))}

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang Makkah at ang mga mamamayan nito ay may dakilang katayuan noon bago ng Islām.

Ang pananampalataya sa Kabilang-buhay ay nagtutulak sa mananampalataya sa pagkaawa sa mahihina.

Ang pag-iwan sa pagdarasal sa hindi nakikipagsalungatan sa tapat na pananampalataya.

Ang pagpapakitang-tao ay nagpapawalang-kabuluhan sa gawa at nagdadahilan ng pagdurusa sa Kabilang-buhay.

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng mga sumusunod na āyah nang maiksi:

(فَلْيَعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ ۚ) (الَّذِينَ هُمْ يُرَءَاوُنَ ۖ وَيَمْنَعُونَ
الْمَاعُونَ ۙ).

{3. Fa-l-ya`budū rabba hādha -lbayt, (ay sumamba sila sa Panginoon ng Bahay na ito,))}

{6. Alladhīna hum yurā'ūna (na sila ay nagpapakitang-tao))}

{7. Wa-yamna`ūna -lmā`ūn. (at nagkakait ng munting tulong.))}

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Bigyang-linaw mo ang mga biyaya ni Allāh sa liping Quraysh kasama ng paglilinaw sa saloobin nila sa mga biyayang iyon.

Ilarawan mo ang mga gawain ng mga tagapagpasinungaling sa Kabilang-buhay gaya ng nasaad sa Sūrah Al-Mā`ūn.

Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Tawḥīd at ang Katayuan Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong
estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng pinapakay ng
Tawḥīd;

makapag-isa-isa ka ng mga kainaman ng
Tawḥīd;

makapagdakila ka sa katayuan ng Tawḥīd;

makapag-anyaya ka sa mga tao tungo sa
paniniwala sa kaisahan ni Allāh.

Ang Tawḥīd

Ang Pagbibigay-kahulugan Dito

Ang Kainaman Nito at ang Katayuan Nito

Isang Karapatan ni Allāh

Ang Layon ng Paglikha at Pagsusugo sa mga
Sugo

Ang Kundisyon ng Pagtanggap sa mga Gawain

Ang Pagtatakip-sala sa mga Pagkakasala at mga Masagwang Gawa

Ang Tawḥīd ay unang kinakailangan sa mga tao at alang-alang dito nagsugo si Allāh ng mga sugo at nagpababa Siya ng mga kasulatan. Ginawa nga ni Allāh ang Paraiso bilang gantimpala sa mga naniniwala sa Tawḥīd at ang Impiyerno bilang parusa sa mga tagapagtambal.

Kaya ano ang tinutukoy ng Tawḥīd? Ano ang kainaman nito at ang kahalagahan nito?

Ito ang matututuhan natin sa araling ito.

A. Pagbibigay-kahulugan sa Tawḥīd

Ang Tawḥīd: ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh sa anumang natatangi sa Kanya na Pagkapanginoon, Pagkadiyos, at mga Pangalan at mga Katangian.

Kaya kinakailangan na maniwala ang Muslim na walang Tagalikha at walang Tagapangasiwa sa Sansinukob kundi si Allāh at walang sinasamba sa totoo kundi si Allāh at na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nailalarawan sa katangian ng bawat kalubusan at pinawalang-kinalaman sa alinmang kakulangan o kapintasan sapagkat ukol sa Kanya – tanging sa Kanya – ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga katangiang pinakamatataas.

B. Ang Kainaman ng Tawḥīd at ang Katayuan Nito

Ang Tawḥīd ay may isang dakilang kainaman at isang malaking kahalagahan. Maaari sa iyo ang makabatid niyon sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang Tawḥīd ay ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya.

Ayon kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"O Mu`ādh, nakaaalam ka ba sa karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya at kung ano ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh?"** Nagsabi ako: **"Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam."** Nagsabi siya: **"Tunay na ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman. Ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh ay na hindi Siya magdulot ng pagdurusa sa sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman."}** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2856 at Imām Muslim: 30.

Ang Tawḥīd ay ang layon na dahil dito nilikha ni Allāh ang nilikha.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ)

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56)

Ang pag-aanyaya para sa Tawhīd ay ang layon ng pagsusugo sa mga sugo.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ)

{Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur'ān 21:25)

Ang Kundisyon ng Pagtanggap sa mga Gawain

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(وَمَنْ أَرَادَ الْآخِرَةَ وَسَعَىٰ لَهَا سَعْيَهَا وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُولَٰئِكَ كَانَ سَعْيُهُمْ مَشْكُورًا)

{Ang sinumang nagnais ng Kabilang-buhay at nagpunyagi para roon ng pagpupunyagi ukol doon habang siya ay isang mananampalataya, ang

pagpupunyagi ng mga iyon ay pahahalagahan.}

(Qur'ān 17:19)

Nagpabatid nga si Allāh sa Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Shirk ay isang tagapagpawalang-kabuluhan sa gawain. Nagsabi si Allāh:

(وَلَقَدْ أُوحِيَ إِلَيْكَ وَإِلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِكَ لَئِنْ أَشْرَكْتَ لَيَحْبَطَنَّ
عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ)

{Talaga ngang ikinasi sa iyo at sa mga bago mo pa na talagang kung nagtambal ka [kay Allāh] ay talagang mawawalang-kabuluhan nga ang gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga lugi.} (Qur'ān 39:65)

Ang Tawhīd ay isang kadahilanan sa pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa.

Sa banal na ḥadīth, nagsasabi si Allāh: **"O Anak ni Adan, tunay na ikaw, kung sakaling pumunta ka sa Akin kalakip ng pampuno sa daigdig na mga kasalanan, pagkatapos nakipagtagpo ka sa Akin nang hindi nagtatambal sa Akin ng anuman, ay talagang pupunta nga Ako sa iyo kalakip ng pampuno**

rito na kapatawaran." Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3540.

May iba pa roon na mga patunay sa kahalagahan ng Tawḥīd at kainaman nito. Mula rito, kinakailangan sa atin na magsigasig sa pangangalaga sa Tawḥīd laban sa Shirk

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at pipili ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya): **"Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong kabilang sa mga May Kasulatan kaya ang kauna-unahan sa iaanyaya mo sa kanila ay na maniwala sila sa kaisahan ni Allāh..."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 7372.

Nagpapatunay ang ḥadīth na ito sa kahalagahan ng Tawḥīd. Iyon ay dahil sa ang Tawḥīd ay (piliin mo ang tumpak na sagot):

nagtatakip-sala sa mga masagwang gawa;

ang kauna-unahan sa iaanyaya natin sa mga tao;

isang kundisyon sa pagtanggap ng gawa.

Aktibidad 2: Magpapahayag ako.

Magsulat ka ng tatlong linya na nagpapahayag ka ng kainaman ng Tawhīd, kasama ng pagpapasaksi sa pamamagitan ng sabi ni Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ)

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang lolobin Niya.} (Qur'ān: 48) at sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang namatay habang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang namatay habang nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Impiyerno."**

(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 93.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Hindi naging karapat-dapat sa pagsamba ang isa man kundi si Allāh.

Ang layon sa paglikha sa mga tao ay na magpasarap sila sa Mundo.

Tumatanggap si Allāh ng kawanggawa mula sa mga mananampalataya at mga tagatangging sumampalataya.

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Ang pagdarasal ay ang pinakamahalaga sa mga karapatan ni Allāh.

Nagsugo si Allāh ng mga propeta para magturo sa mga tao ng mga nauukol sa pagpapastol at industriya.

Magpapatawad si Allāh sa lahat ng mga tao sa Araw ng Pagbangon.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Isulat mo ang pagbibigay-kahulugan sa Tawhīd.

Magsulat ka ng isang patunay na ang Tawhid ay dahilan ng pagpasok sa Paraiso.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng pinapakay ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon;

makahango ka ng patunay sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon;

makapag-isa-isa ka ng tatlo sa mga gawain na natatangi si Allāh sa mga ito;

makapaghalimbawa ka ng sumasalungat sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng Shirk sa Pagkapanginoon;

makaharap ka nang may karunungan sa mga pagkakahayag ng Shirk sa Pagkapanginoon.

Pagpapaumpisa

Alamin mo – gabayan ka ni Allāh – na ang Tawḥīd ay nasa tatlong bahagi: ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon, ang Tawḥīd ng Pagkadiyos, at ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian. Tatalakayin ng araling ito ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon.

bilang simbolo ng Tawḥīd

Ang mga Bahagi ng Tawḥīd

Ang Pagkapanginoon

Ang Pagkadiyos

Ang mga Pangalan at ang mga Katangian

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh – tanging sa Kanya – sa mga gawain na natatangi Siya sa mga ito gaya ng paglikha, pagtustos, at pangangasiwa.

Ito ay nangangahulugan ng tiyakang paniniwala na si Allāh ay ang Panginoon ng bawat bagay, ang Tagapagmay-ari nito, ang Tagalikha nito, at ang Tagapagtustos nito; at na ang lahat ng mga nilikha ay nasasakop sa ilalim ng kapamahalaan Niya, pananaig Niya, at lakas Niya.

B. Ang Pamamaraan ng Pagsasakatotohanan ng Pananampalataya sa Pagkapanginoon

Upang magsakatuparan tayo ng pananampalataya sa Pagkapanginoon ni Allāh, walang pag-iwas sa pagsampalataya na si Allāh ay natatangi sa sumusunod:

Ang Paglikha at ang Pagtutustos

sapagkat walang Tagalikha at walang Tagapagtustos kundi si Allāh. Nagsabi si Allāh:

(اللَّهُ خَلَقَ كُلَّ شَيْءٍ ۖ)

{Si Allāh ay ang Tagalikha ng bawat bagay}

(Qur'ān 39:62)

Nagsabi Siya - pagkataas-taas Niya (Qur'ān 6:155):

(وَمَا مِنْ دَابَّةٍ فِي الْأَرْضِ إِلَّا عَلَى اللَّهِ رِزْقُهَا)

{wala ni isang hayop sa lupa kundi nasa kay

Allāh ang panustos nito.} (Qur'ān 11:6)

Ang Paghahari at Pagmamay-ari at ang Pangangasiwa

Ang Tagapagmay-ari ng lahat ng nasa Sansinukob at ang Tagapangasiwa ng mga ito ay si Allāh – tanging Siya. Nagsabi si Allāh:

(ذَلِكُمْ اللَّهُ رَبُّكُمْ لَهُ الْمُلْكُ)

{Iyon ay si Allāh, ang Panginoon ninyo; ukol sa

Kanya ang paghahari.} (Qur'ān 35:13) Nagsabi pa si Allāh:

(يُذِيرُ الْأَمْرَ)

{Nangangasiwa Siya ng nauukol.} (Qur'ān

13:2)

Ang Pagpapakinabang at ang Pagpinsala

Si Allāh ay ang nagmamay-ari ng pagpapakinabang at pagpinsala na walang takda. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya): **Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi magpapakinabang sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh para sa iyo; at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi pipinsala sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."}** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2516.

Ang Pagbibigay-buhay at ang Pagbibigay-kamatayan

Ang dalawang ito ay nasa kamay ni Allāh – tanging nasa Kanya. Nagsabi si Allāh:

(وَاللَّهُ يُحْيِي وَ يُمِيتُ)

{Si Allāh ay nagbibigay-buhay at nagbibigay-kamatayan.} (Qur'ān 3:156)

C. Kabilang sa Kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Ang Pagkakaila sa Kairalan ni Allāh

Halimbawa: ang mga ateista na nagkakaila sa kairalan ni Allāh at nag-aangkin na ang Sansinukob daw ay umiral dahil sa isang pagkakataon (coincidence).

Ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid (Ghayb)

Ang sinumang nag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid, gaya ng manghuhulang panghinaharap at manghuhulang pangnakaraan, ay tumanggi ngang sumampalataya kay Allāh. Nagsabi si Allāh:

(قُلْ لَا يَعْلَمُ مَنْ فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ الْغَيْبَ إِلَّا اللَّهُ)

{Sabihin mo: "Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga langit at lupa ang nakalingid maliban kay Allāh, at hindi nila nararamdaman kung kailan sila bubuhayin."} (Qur'ān 27:65)

Ang Pag-aangkin na ang Iba pa kay Allāh ay Namamatnugot sa Sansinukob o Nagpapatamo ng Panustos

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at tutugon ako.

Bumalik ka sa Muṣḥaf at isulat mo ang āyah numero 258 mula sa Sūrah Al-Baqarah, pagkatapos tugunin mo ang sumusunod:

Ano ang aspeto ng Pagkapanginoon na inaangkin ng hari?

Papaanong naglatag si Propeta Abraham (sumakanya ang pangangalaga) ng katwiran sa haring ito?

Ano ang nahinuha mo mula sa senaryong ito?

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(الَمْ تَرَ إِلَى الَّذِي حَاجَّ إِبْرَاهِيمَ فِي رَبِّهٖ أَنْ ءَاتَاهُ اللَّهُ الْمَلِكَ إِذْ قَالَ
إِبْرَاهِيمُ رَبِّي يُّحْيِي وَيُمِيتُ قَالَ أَنَا أَحْيِي وَأُمِيتُ قَالَ إِبْرَاهِيمُ
فَإِنَّ اللَّهَ يَأْتِي بِالسَّمَسِ مِنَ الْمَشْرِقِ فَأَتِ بِهَا مِنَ الْمَغْرِبِ فَبُهِتَ
الَّذِي كَفَرَ وَاللَّهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ)

{Hindi ka ba nakaalam sa nangatwiran kay Abraham hinggil sa Panginoon nito dahil nagbigay

sa kanya si Allāh ng paghahari? Noong nagsabi si Abraham: "Ang Panginoon ko ay ang nagbibigay-buhay at nagbibigay-kamatayan" ay nagsabi siya: "Ako ay nagbibigay-buhay at nagbibigay-kamatayan." Nagsabi si Abraham: "Ngunit tunay na si Allāh ay nagpaparating sa araw mula sa silangan kaya magparating ka nito mula sa kanluran." Kaya nagitla ang tumangging sumampalataya. Si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagalabag sa katarungan.} (Qur'ān 2:258)

Ang pangalan ng hari ay Nimrod bin Kan`ān. Nakipagtalo siya kay Allāh kaugnay sa pagbibigay-buhay at pagbibigay-kamatayan kaya naglatag si Propeta Abraham (sumakanya ang pangangalaga) ng katwiran sa kanya sa pamamagitan ng pagsikat ng araw mula sa kanluran nito.

Aktibidad 2: Makikisaksi ako at tutugon ako.

Ang panustos ay kabilang sa mga usapin na umaabala sa isip ng mga tao. Nalaman mo nga na si Allāh – tanging Siya – ay ang Palatustos kaya

papaano tayong makapagtatamo ng panustos mula sa Kanya?

Makipagtalakayan ka kasama ng mga kaklase mo hinggil sa mga paraan ng pagtamo ng panustos, na ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang pagdalangin at ang pananalig kay Allāh?

Aktibidad 3: Magmamasid ako at magsasagawa ako ng pagtatasa.

Nagsidamihan ang mga pagkakahayag ng Shirk sa Pagkapanginoon. Kaya alin sa mga sumusunod na pagkakahayag ang umiiral sa kapaligiran mo at papaano maaari sa iyo ang makipagharap doon nang may karunungan.

Ang paniniwala na ang mga walīy at mga maaayos na tao ay may kakāyahan sa pamamatnugot sa buhay ng mga tao.

Ang pangamba sa mga jinn, ang pagpapasaklolo sa kanila, at ang paghahandog ng mga alay sa kanila.

Ang Panghuhula at ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Nakapagpatotoo si Nimrod sa kakāyahan niya sa pagbibigay-buhay sa mga patay. (X)

Ang mga manggagamot ay nagpapagaling sa mga sakit ng mga tao. (X)

Ang Ateismo ay sumasalungat sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh:

(sa mga pagtalima - sa mga pagsamba - sa mga gawain).

Ang mananampalataya ay nananalig sa panustos sa kanya sa:

(sa mga magulang niya - kay Allāh lamang - sa manager niya sa trabaho).

Kabilang sa kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon:

(ang pag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid - ang pagdalaw sa mga patay - ang pagsusumamo sa mga maayos na tao).

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pagpapakinabang at ang pagpinsala ay nasa kamay ni Allāh – tanging sa Kanya.

Ang pagkabawal ng pag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos

Ang mga Layong Pampamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng pinapakay ng Tawḥīd ng Pagkadiyos;

makahango ka ng patunay sa Tawḥīd ng Pagkadiyos;

makapag-isa-isa ka ng mga uri ng mga pagsamba;

makapaghalimbawa ka ng sumasalungat sa Tawḥīd ng Pagkadiyos;

mag-ugnay ka sa pagitan ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon at Tawḥīd ng Pagkadiyos;

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng Shirk sa Pagkadiyos;

makaharap ka nang may karunungan sa mga pagkakahayag ng Shirk sa Pagkadiyos.

Pagpapaumpisa

Sumamba ang mga Arabe sa mga anito sa kabila na sila ay kumikilala na si Allāh ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos. Samakatuwid, ano ang kadahilanan ng kawalang-pananampalataya nila?

Ito ang mapag-aalaman mo sa araling ito.

Ang mga Bahagi ng Tawḥīd

Ang Pagkapanginoon

Ang Pagkadiyos

Ang mga Pangalan at ang mga Katangian

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Tawḥīd ng Pagkadiyos

Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos ay pagbubukod-tangi kay Allāh sa lahat ng mga uri ng pagsamba.

Ito ay nangangahulugan ng tiyakang paniniwala na si Allāh – tanging Siya – ay ang karapat-dapat sa lahat ng mga uri ng mga pagsamba at na ang pagbaling ng alinmang pagsamba sa iba pa kay Allāh ay Shirk. Nagsabi si Allāh:

(قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ)

{Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay

ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang –}

(Qur'ān 6:162)

Ang pagsamba ay may maraming uri, na hindi pinapayagan ang pagbaling ng anuman kabilang sa mga ito sa iba pa kay Allāh. Kabilang sa mga ito:

Ang mga pagsambang pampuso gaya ng pangamba, pag-asa (hope), pananalig, pagpapasaklolo, at iba pa sa mga ito.

Ang mga pagsambang pangsinasabi gaya ng panalangin, pagsambit ng dhikr, pagluluwalhati, at pagbabasa ng Qur'ān.

Ang mga pagsambang pangkatawan gaya ng pagdarasal, pag-aayuno, pagsasagawa ng ḥajj, pakikibaka, at iba pa sa mga ito.

B. Ang Kaugnayan sa Pagitan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos at Tawḥīd ng Pagkapanginoon

Maaaring maintindihan ang kaugnayan sa pagitan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos at Tawḥīd ng Pagkapanginoon sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay nag-oobliga ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang sinumang kumilala kay Allāh sa Pagkapanginoon ay naoobliga na sumamba kay Allāh – tanging sa Kanya – dahil walang sinasamba kundi ang sinumang siya ay panginoong

tagalikhang tagapagmay-arang tagapangasiwa.
Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا النَّاسُ اعْبُدُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ وَالَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ
تَتَّقُونَ)

{O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon
ninyo na lumikha sa inyo at sa bago pa ninyo, nang
sa gayon kayo ay mangingilag magkasala,} (Qur'ān
2:21)

Ang pagkilala sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon
ay hindi maipapalit sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang pagkilala sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon
subalit siya naman ay nagbaling ng pagsamba sa
iba pa kay Allāh, hindi magpapakinabang sa kanya
ang pagkilala niya sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon
hanggang sa magbaling siya ng lahat ng mga
pagsamba niya para kay Allāh.

Nagtanong nga ang Sugo ni Allāh (basbasan
siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga
tagapagtambal kung sino ang lumikha ng mga
langit at lupa at nagpasilbi sa araw at buwan [sa
mga tao]. Sumagot sila na si Allāh subalit sila ay
nanatiling mga tagatangging sumampalataya dahil
sila ay nagbaling ng pagsamba sa iba pa kay Allāh

at sumamba kasama kay Allāh ng iba pa sa Kanya.
Nagsabi si Allāh:

(وَلَيْنَ سَأَلْتَهُمْ مِّنْ خَلْقِ السَّمٰوٰتِ وَالْاَرْضِ وَسَخَّرَ الشَّمْسَ وَالْقَمَرَ لِيَقُولَنَّ اللّٰهُ فَاَنۢى يُؤْفَكُوۡنَ)

{Talagang kung nagtanong ka sa kanila kung sino ang lumikha ng mga langit at lupa at nagpasilbi ng araw at buwan ay talagang magsasabi nga silang si Allāh. Kaya paanong nalilinlang sila?} (Qur'ān 29:61)

C. Kabilang sa kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkadiyos:

Ang pagsamba sa iba pa kay Allāh, gaya ng pagsamba sa mga anito o sa mga baka o kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga).

Ang pagdalangin sa iba pa kay Allāh, gaya ng sinumang dumadalangin sa mga patay sa mga libingan nila para humiling ng pamamagitan o panustos o iba pa roon.

Ang pamamanata o ang pag-aalay para sa iba pa kay Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at hahango ako.

Nagsasabi si Allāh:

(وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ)

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56) Ayon sa liwanag ng marangal na āyah, tugunin mo ang sumusunod:

Takdaan mo ang uri ng Tawḥīd na ipinahiwatig ng āyah.

Magsulat ka ng apat na pagsamba na ginaganap mo sa paghahangad ng kaluguran ng mukha ni Allāh:

Aktibidad 2: Makakikilala ako ng kaibahan sa pagitan ng dalawang uri ng Tawḥīd

Kilalanin ang kaibahan sa pagitan ng mga sumusunod na gawain sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda na (✓) sa naaangkop na puwang.

Ang mga Gawain

Nagdasal si Muḥammad ng ṣalāh na `aṣr.

Ang pag-amin sa paglikha ni Allāh sa araw.

Dumalangin si Zayd sa Panginoon niya.

Pinagsilbi ni Allāh ang hayop para sa tao.

Namanata si Al-Ḥasan na mag-alay ng isang tupa para kay Allāh.

Sumampalataya si Fāṭimah na si Allāh ay ang nagtutustos sa nilikha. Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkapanginoon Bahagi ng Tawḥīd ng Pagkadiyos

Aktibidad 3: Magmamasid ako at magtutumpak ako.

Makipagtalakayan ka sa kaklase mo kaugnay sa tatlo sa mga pag-uugali na nakikipagsalungatan sa Tawhid ng Pagkadiyos sa komunidad mo, pagkatapos ay magsagawa ka ng pagtutumpak.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga anyo ng mga pagsambang pampuso:

(ang pag-ibig - ang pagluwalhati - ang pag-aayuno).

Kabilang sa kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkadiyos:

(ang pagdarasal - ang pag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid - ang pagdalangin sa mga patay).

Ang pag-aalay para kay Allāh ay kabilang sa mga anyo ng Tawḥīd.

(Pagkadiyos - Pagkapanginoon - mga Pangalan at mga Katangian).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba.

Ang pag-ikot sa paligid ng musoleo ay hindi nakikisalungat sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang zakāh ay kabilang sa mga pagsambang pangkatawang kinakailangan para kay Allāh.

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay maipapalit sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang patunay sa pagkakinakailangan ng pagbaling ng lahat ng mga pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya.

Magsulat ka ng dalawang gawain na kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian;

makapaghinuha ka ng ipinahihiwatig ng mga pangalan ni Allāh mula sa mga katangian;

makatalos ng pagkakaiba sa pagitan ng mga katangian ni Allāh;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng tatlong Tawḥīd;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng pananampalataya sa mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya;

makapagdisenyo ka ng isang poster ng mga pangalan ni Allāh.

Matapos na natutuhan natin ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon at Tawḥīd ng Pagkadiyos, tatalakayin ng araling ito ang ikatlong bahagi ng Tawḥīd, ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian.

Ang mga Bahagi ng Tawḥīd

Ang Pagkapanginoon

Ang Pagkadiyos

Ang mga Pangalan at ang mga Katangian

Una: Ang Kahulugan ng Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian ay ang pananampalataya sa mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya na nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

Naglalaman iyon ng pananampalataya na ang mga pangalan ni Allāh ay lahat pinakamamaganda. Ibig sabihin: ang mga ito ay ang pinakamaganda sa mga pangalan at ang pinakalubos sa mga ito. Nagsabi si Allāh:

(وَلِلّٰهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا)

{Taglay ni Allāh ang mga pangalang pinakamagaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.} (Qur'ān 7:180) Gayon din ang pananampalataya sa mga katangian ni Allāh, hindi nakawawangis ang mga

ito sa mga katangian ng mga nilikha. Nagsabi si Allāh:

(لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ)

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigín, ang Nakakikita.} (Qur'ān 42:11)

B. Ang mga Pangalan ni Allāh

Ang Pagbibigay-kahulugan sa mga Ito

Ang mga pangalan ni Allāh ay ang mga pangalan na natangi sa mga ito si Allāh sa sarili Niya. Ang lahat ng mga ito ay mga pangalan ng pagbubunyi at papuri kay Allāh, tulad ng sabi Niya:

(هُوَ اللَّهُ الْخَلِيقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ)

{Siya ay si Allāh, ang Tagalikha, ang Tagapaglalang, ang Tagapag-anyo; taglay Niya ang mga pangalang napakagaganda.} (Qur'ān 59:24)

at ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Tunay na si Allāh ay ang Tagalikha, ang Tagapagpagipit, ang Tagapagpaluwag, ang Tagapagtustos.}** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 1314.

Ang mga pangalan ni Allāh ay nagpapahiwatig sa mga katangian Niya.

Ang bawat pangalan ni Allāh ay naglalaman ng katangian na ipinahihiwatig nito. Halimbawa: ang pangalan ni Allāh na Al-Ghafūr (Ang Mapagpatawad) ay nagpapahiwatig ng katangian ng maghfirah (kapatawaran) para kay Allāh at ang pangalan na Ar-Rahmān (Ang Napakamaawain) ay nagpapahiwatig ng katangian ng rahmah (pagkaawa) para kay Allāh. Gayon din sa lahat ng mga pangalan.

C. Ang mga Katangian ni Allāh

Ang mga ito ay ang mga pangalan na pinagtibay ni Allāh para sa sarili Niya at nagpapahiwatig sa kalubusan. Kaya naman kinakailangan ang pagpapatibay ng mga ito para kay Allāh sa paraang naaangkop sa Kanya, tulad ng buhay. Nagsabi si Allāh:

(اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ)

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili.} (Qur'ān 2:255)

Ang mga Katangiang Ikinakaila kay Allāh

Nagkaila si Allāh para sa sarili Niya ng mga katangian ng kakulangan, gaya ng kamatayan at pagtulog. Nagsasabi Siya:

(وَتَوَكَّلْ عَلَى الْحَيِّ الَّذِي لَا يَمُوتُ)

{Manalig ka sa Buhay na hindi namamatay}

(Qur'ān 25:58)

Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay hindi natutulog at hindi nararapat para sa Kanya na matulog."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 179.)

Nagkaila Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ng kawalang-katarungan para sa sarili Niya sapagkat nagsabi Siya:

(وَلَا يَظْلِمُ رَبُّكَ أَحَدًا)

{Hindi lumalabag sa katarungan ang Panginoon mo sa isa man.} (Qur'ān 18:49)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako at mag-uuri ako.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمُوتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا

شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمُوتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ
الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anumang mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.} (Qur'ān 2:255)

Sa tulong ng dalawa sa mga kaklase mo, hanguin mo mula sa āyah ang mga pangalan ni Allāh, ang mga katangian Niya, at ang mga katangian na ikinaila Niya para sa sarili Niya.

Ang mga Pangalan ni Allāh

Ang mga Katangian ni Allāh

Ang mga Katangiang Ikinakaila

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at magdidisenyo ako.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagdidisenyo ng isang poster na nasusulatan ng sampu sa mga pangalan ni Allāh, pagkatapos ilathala mo ang mga larawan nito sa mga social media site.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Maaari tayong magtaguri ng alinmang magandang pangalan kay Allāh.

Ang pangalan ni Allāh na Al-`Alīm ay naglalaman ng katangian ng `ilm (kaalaman).

Ang sabi ni Allāh: {Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog.} ay naglalaman ng katangiang pampagtitibay.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa napagtibay para kay Allāh sa Pampropetang Sunnah na mga pangalan:

(Al-Qābid (Tagapagpagipit) – Al-Qayyūm (Mapagpanatili) – Al-`Aḍīm (Sukdulan)).

Kabilang sa mga Katangiang Ikinakaila para kay Allāh:

(ang sam` (pagdinig) - ang mawt (kamatayan) - ang `ilm (kaalaman)).

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh:

(Ang Qadīm (Matanda) - Ang Baṣīr (Nakakikita) - Ang Qudrah (kakāyahan)).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang ibig sabihin ng Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Magsulat ka ng isang patunay na si Allāh ay walang katulad na anuman.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagtakda ka ng konsepto ng pagsamba;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng mga bahagi ng pagsamba at mga anyo nito;

makapagpatotoo ka sa kahalagahan ng pagsamba;

makapagbigay-patunay ka sa bunga ng pagsamba;

makapagdakila ka sa pumapatungkol sa pagsamba;

magsigasig ka sa pagganap ng kinakailangan sa iyo mula sa mga pagsamba.

Pauna

Nalaman mo mula sa naunang pagtatalakay na ang Tawhīd ng Pagkadiyos ay nangangahulugan ng pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba. Kaya ano ang ibig sabihin ng pagsamba? Ano ang mga bahagi nito? Ano ang kahalagahan nito at ang bunga nito?

Ito ang pag-aaralan natin sa mga sumusunod na punto:

Ang Pagsamba

Ang Pagbibigay-kahulugan Rito

Ang mga Bahagi Nito

Nakakubli

Nakalantad: Pampuso, Pangsinasabi,
Pangginagawa, Pampananalapi

Ang Kahalagahan Nito

Ang Bunga Nito

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Pagsamba

Ang pagsamba ay ang anumang naiibigan ni Allāh at kinalulugdan Niya na mga sinasabi at mga ginagawang nakakubli at nakalantad.

B. Ang mga Bahagi ng Pagsamba

A. Ang mga Pagsambang Nakakubli

Tinatawag ang mga ito na mga pagsambang pampuso dahil ang mga ito ay natatangi sa puso. Ang mga ito ay ang pinakadakila sa mga pagsamba at ang pinakamahalaga sa mga ito dahil ang puso ay kinalalagyan ng paniniwala at katiyakan.

Kabilang sa mga halimbawa nito ay ang pag-ibig kay Allāh, ang pag-aasam sa Kanya, ang pagkatakot sa Kanya, ang pangamba sa Kanya, ang pananalig sa Kanya, ang pagpapatulong sa Kanya, at ang nagsisising pagbabalik sa Kanya. Nagsabi si Allāh tungkol sa mag-anak ni Zacaria (sumakanya ang pangangalaga):

(إِنَّهُمْ كَانُوا يُسْرِغُونَ فِي الْأَخْيَرَاتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا
وَكَانُوا لَنَا خُشْعِينَ)

{Tunay na sila noon ay nakikipagmabilisan sa mga kabutihan at dumadalangin sa Amin sa

pagmimithi at sa pangingilabot. Sila noon sa Amin ay mga nagtataimtim.} (Qur'ān 21:90)

B. Ang mga Pagsambang Nakalantad

Ang mga ito ay tatlong uri:

Mga pagsambang pangsinasabi, tulad ng pagbigkas ng Dalawang Pagsaksi, pagsambit ng dhikr, pagbasa ng Qur'ān, at pag-aanyaya tungo kay Allāh.

Mga pagsambang pangginagawa, tulad ng pag-aayuno, pagdarasal, pagsasagawa ng ḥajj, pakikibaka, pag-alalay sa mahinang nangangailangan, at pagtaboy ng pang-aapi palayo sa inaapi.

Mga pagsambang pampananalapi, tulad ng zakāh, kawanggawa, sustento sa mag-anak, at pagkakatay ng mga hayop na alay.

C. Ang Kahalagahan ng Pagsamba

Ang pagsamba ay ang layon na alang-alang dito ay nilikha ang tao. Nagsabi si Allāh:

(وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ)

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56)

Ang pagsamba ay ang layon ng pagsusugo ng mga sugo. Nagsabi si Allāh habang kumakausap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ

{Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.}
(Qur'ān 21:25)

D. Ang Bunga ng Pagsamba

Ang pagsamba ay isang kadahilanan ng kaligāyahan sa Mundo at Kaghinhawahan sa Kabilang-buhay. Nagsabi si Allāh:

مَنْ عَمِلَ صَالِحًا مِّنْ ذَكَرٍ أَوْ أَنشَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهٗ حَيَوةً طَيِّبَةً وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَجْرَهُمْ بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ

{Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na isang lalaki o isang babae, habang siya ay isang mananampalataya ay talagang magpapamuhay nga Kami sa kanya nang isang buhay na kaaya-aya

at talagang gaganti nga Kami sa kanila ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa.} (Qur'ān 16:97)

Nagsabi si Allāh:

(وَمَنْ عَمِلَ صَالِحًا مِّن ذَكَرٍ أَوْ أُنْثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُولَٰئِكَ يَدْخُلُونَ
الْجَنَّةَ يُرْزَقُونَ فِيهَا بِغَيْرِ حِسَابٍ)

{Ang sinumang gumawa ng isang masagwang gawa ay hindi gagantihan maliban ng tulad nito. Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na lalaki man o babae habang siya ay isang mananampalataya, ang mga iyon ay papasok sa Hardin, na tutustusan doon nang walang pagtutuos.} (Qur'ān 40:40)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَمَنْ أَعْرَضَ عَن ذِكْرِي فَإِنَّ لَهُ مَعِيشَةً ضَنْكًا)

{at ang sinumang umayaw sa pag-aalaala sa Akin, tunay na ukol sa kanya ay isang pamumuhay na hikahos.} (Qur'ān 20:124)

Sa ano nagpapahiwatig ang marangal na āyah?

Ano ang kaugnayan ng āyah na ito sa paksa ng aralin?

Aktibidad 2: Kikilala ako ng kaibahan at mag-uuri ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang bawat kasukasuan ng mga tao ay tungkuling magbigay ng isang kawanggawa sa bawat araw na sumisikat ang araw. Ang magpakamakatarungan ka sa pagitan ng dalawang [tao] ay isang kawanggawa. Ang tumulong ka sa tao sa sasakyang hayop niya: ang buhatin mo siya sa ibabaw nito o ang iangat mo para sa kanya ang dala-dala niya ay isang kawanggawa. Ang salitang kaaya-aya ay isang kawanggawa. Sa bawat hakbang na nilalakad mo patungo sa pagdarasal ay may isang kawanggawa. Ang alisin mo sa daan ang nakapipinsala ay isang kawanggawa."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2989 at Imām Muslim: 1009.

Makilahok ka sa tagapagturo mo. Uriin mo ang mga pagsambang nasasaad sa ḥadīth sa

pangginagawa at pangsinasabi sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda na (✓) sa naaangkop na puwang.

Ang Pagsamba Pangsinasabi Pangginagawa

Magpakamakatarungan sa pagitan ng dalawang [tao]. Pangsinasabi

Aktibidad 3: Magmumungkahi ako ng mga kaparaanan.

Ang pagdarasal ay kabilang sa pinakadakila sa mga pagsamba. Magmungkahi ka ng tatlong kaparaanan na tutulong sa pangangalaga sa pagganap nito sa oras nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pangamba at ang pag-asa (hope) ay kabilang sa mga pagsambang:

(pampananalapi - pampuso - pangginagawa).

Ang pag-aalay ng hayop ay kabilang sa mga pagsambang:

(pangginagawa - pangsinasabi - pampananalapi).

Ang pagpasok sa Paraiso at ang kapanatagan ng puso ay kabilang sa:

(mga bahagi ng pagsamba - mga bunga ng pagsamba - mga kinakailangan sa pagsamba).

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang dalawang sumusunod na parirala.

Ang pagsamba ay ang anumang at kinalulugdan Niya na mga sinasabi at mga ginagawang

Ang pagsamba ay ang layon ng paglikha sa tao.
Nagsabi si Allāh:
{.....}

PANUTO 3: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Ang mga pagsambang pangsinasabi ay pundasyon ng natitira sa mga pagsamba.

Ang pangangalaga sa pagsamba ay humahantong sa pagkasawa at pagkainis.

Ang paglilinis ng mga kalye ay walang gantimpala rito.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng mga kundisyon ng pagsamba;

makapag-isa-isa ka sa mga haligi ng pagsamba;

makapagbigay-patunay ka sa mga kundisyon ng pagsamba at mga haligi nito;

makapagtampok ka ng epekto ng pagkawala ng mga kundisyon ng pagsamba;

makapagsadamdamin ka sa pagkakailangan ng pagpapakawagas at pakikipagsunuran sa pagsamba;

makapagsakatotohanan ka ng kundisyon ng pagpapakawagas at pakikipagsunuran sa pagsamba mo.

Pagbabalansehan sa Pagitan ng Pangamba at Pag-asa

A. Ang mga Kundisyon ng Pagsamba

Nagmimithi ang bawat Muslim na tanggapin ni Allāh ang pagsamba niya. Subalit ito ay hindi naisasakatuparan maliban na mabuklod sa bawat pagsamba ang dalawang pangunahing kundisyon: ang pagpapakawagas at ang pakikipagsunuran.

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagpapakawagas

Ito ay na magpakay ang tao sa puso niya ng kaluguran ng mukha ni Allāh sa lahat ng mga gawain niya at mga sinasabi niya. Nagsabi si Allāh.

(وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ)

{Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo,}
(Qur'ān 98:5)

Ang pagdulog sa iba pa kay Allāh ay humahantong sa pagpapawalang-kabuluhan sa pagsamba at pagkakait ng gantimpala rito. Nagsabi si Allāh:

(لَئِنْ أَشْرَكْتَ لَيَحْبَطَنَّ عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ)

{Talaga ngang ikinasi sa iyo at sa mga bago mo pa na talagang kung nagtambal ka [kay Allāh] ay talagang mawawalang-kabuluhan nga ang gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga lugi.} (Qur'ān 39:65)

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pakikipagsunuran

Naisasakatotohanan ito sa pamamagitan ng pagsamba ng Muslim sa Panginoon niya alinsunod sa pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi si Allāh:

(وَمَا آتَاكُمُ الرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَاكُمْ عَنْهُ فَانْتَهُوا)

{Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo.} (Qur'ān 59:7)

Ang pagsamba kay Allāh ayon sa hindi pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humahantong sa pagpapawalang-kabuluhan sa pagsamba at pagkakait ng gantimpala rito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 2697.

B. Ang mga Haligi ng Pagsamba

Ang Pagsamba

Ang Pag-ibig

Ang Pag-asa

Ang Pangamba

Ang Unang Haligi: Ang Pag-ibig kay Allāh

Ang pag-ibig ay ang pagkiling ng puso sa iniibig. Ang pag-ibig kay Allāh ay sa pamamagitan ng higit na pagtangi sa kung ano ang nasa ganang kay Allāh at paggawa ayon sa kaluguran Niya sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagtalima at pag-iwas sa mga pagsuway.

Ito ay isang pagkapit sa pananampalataya. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa si Allāh at ang Sugo Niya ay maging higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa anumang iba pa sa kanilang dalawa."** Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 12739.

Naisasama sa pag-ibig kay Allāh ang pag-ibig sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang pag-ibig sa Marangal na Qur'ān, ang pag-ibig sa mga Muslim, at ang pag-ibig sa bawat anumang may kabutihan at pag-aangat sa Islām at mga Muslim.

Ang Ikalawang Haligi: Ang Pag-asa

Ang kahulugan nito ay ang pagkapit sa awa ni Allāh, ang pagkagalak sa kagalantehan Niya at kabutihang-loob Niya, at ang paghahangad sa paggawa Niya ng maganda at pagbibigay Niya, kalakip ng paggawa ng pagsisikap at kagandahan ng pananalig sa Kanya.

Kaya naman ang mananampalataya ay umaasa mula sa Panginoon niya na patawarin siya sa pagkakasala niya, gaya ng sinabi ni Propeta Abraham (sumakanya ang pangangalaga):

(وَالَّذِي أَطْمَعُ أَنْ يَغْفِرَ لِي خَطِيئَتِي يَوْمَ الدِّينِ)

{na nagmimithi ako na magpatawad Siya sa akin sa mga kamalian ko sa Araw ng Pagtutumbas.} (Qur'ān 26:82)

Ang Ikatlong Haligi: Ang Pangamba

Ang kahulugan nito ay ang takot kay Allāh at sa galit Niya at pagdurusang dulot Niya kasama ng pagdakila sa Kanya at pag-ibig sa Kanya kaya naman nakikipagmabilisan ang tao para sa pagpapatupad sa iniutos ni Allāh at pagwaksi sa sinaway Niya, gaya ng nasaad sa Marangal na Qur'ān:

(قُلْ إِنِّي أَخَافُ إِنْ عَصَيْتُ رَبِّي عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ)

{Sabihin mo: "Tunay na ako ay nangangamba, kung sumuway ako sa Panginoon ko, sa pagdurusang sa isang Araw na sukdulan."} (Qur'ān 6:15)

Nararapat ang pagbabalansehan ng pangamba at pag-asa sapagkat nagbunyi nga si Allāh kay Zacaria (sumakanya ang pangangalaga) at sambahayan nito sapagkat nagsabi Siya:

(إِنَّهُمْ كَانُوا يُسْـَٔرُونَ فِي الْخَيْرَاتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا
وَكَانُوا لَنَا خَشِيعِينَ)

{Tunay na sila noon ay nakikipagmabilisan sa mga kabutihan at dumadalangin sa Amin sa pagmimithi at sa pangingilabot. Sila noon sa Amin ay mga nagtataimtim.} (Qur'ān 21:90)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa una sa mga tao na huhusgahan sa Araw ng Pagbangon: **{"... May isang lalaking natuto ng kaalaman. Nagturo ito niyon at bumigkas ito ng Qur'ān saka ihahatid ito saka magpapakilala rito ng mga biyaya rito saka makakikilala ito sa mga iyon. Magsasabi Siya: Kaya ano ang ginawa mo sa mga iyon? Magsasabi ito: Natuto ako ng kaalaman, nagturo ako nito, at bumigkas ako ng Qur'ān alang-alang sa Iyo. Magsasabi Siya:**

Nagsinungaling ka; bagkus ikaw ay natuto ng kaalaman upang masabing nakaaalam, at bumigkas ng Qur'ān upang masabing siya ay tagabigkas! Kaya sinabi nga. Pagkatapos ipag-uutos kaya kakaladkarin ito sa mukha nito hanggang sa itinaapon siya sa Apoy. ..."} Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1905.

Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth na ito, pagkatapos tugunin mo ang sumusunod:

Hanguin mo mula sa ḥadīth ang kadahilanan ng pagpasok ng lalaking ito sa Impiyerno.

Hindi niya isinakatotohanan ang pagpapakawagas sa pagsamba kaya hindi tatanggapin ang pagsamba niya yayamang nag-aral siya at bumigkas ng Qur'ān upang masabing nakaaalam at tagabigkas ng Qur'ān.

Ilarawan mo ang damdamin mo habang ikaw ay nagbabasa ng ḥadīth na ito, pagkatapos ipaliwanag mo kung ano ang kinakailangan sa atin nang sa gayon tayo ay hindi maging tulad ng lalaking ito?

Aktibidad 2: Makikisaksi ako at tutugon ako.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(أَمَّنْ هُوَ قُنِيتُ ءَانَاءَ اللَّيْلِ سَاجِدًا وَقَائِمًا يَحْذَرُ الْآخِرَةَ وَيَرْجُو رَحْمَةَ رَبِّهِ)

{O ang sinumang siya ay masunurin sa mga sandali ng gabi habang nakapatirapa at nakatayo, na nangingilag sa Kabilang-buhay at nag-aasam sa awa ng Panginoon Niya} (Qur'ān 39:9)

Ipaliwanag mo ang mahihinuha mula sa mga marangal na āyah na ito.

Panoorin mo ang video clip sa sumusunod na link, pagkatapos magbuod ka ng pinakamahalaga sa nasaad dito:

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagwaksi ng pagpapakawagas ay nauuwi sa pagkakulang ng gantimpala. (X)

Ang pakikipagsunuran ay humihiling ng pagsamba kay Allāh ayon sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). (✓)

Ang pagsasakatuparan ng mga kundisyon ng pagsamba ay nauuwi sa katumpakan nito at pagtanggap dito. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nararapat sa Muslim na magbalanse sa pagitan ng pangamba at:

(pagkatuwa - pagkalungkot - pag-asa).

Ang pakikitungo kay Allāh sa pamamagitan ng pangamba lamang ay humahantong sa:

(kawalang-pag-asa - tagumpay - pesimismo).

Naisasama sa pag-ibig kay Allāh ang pag-ibig sa:

(mga Muslim - mga tagasuway - mga tagatangging sumampalataya).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang āyah ng Qur'ān na nagpapatunay sa pagkakinakailangan ng pagpapakawagas sa layunin para kay Allāh.

Ipaliwanag mo nang maiksi ang pinakapakay sa bawat isa sa: (pag-ibig - pag-asa - pangamba).

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makahango ka ng patunay sa pagkadagdag ng pananampalataya at pagkabawas nito;

makapag-isa-isa ka sa nakadaragdag sa pananampalataya at nakababawas nito;

makapagbigay-katwiran ka sa pagkakalamangan ng mga may pananampalataya;

makapagbigay-halaga ka sa pagkapanganib ng pagkabawas ng pananampalataya;

magsigasig ka sa pagkadagdag ng pananampalataya mo.

Aktibidad na Pang-umpisa

Nagsabi sa iyo ang isang kaibigan: "Ang pananampalataya ay permanente: hindi nadaragdagan at hindi nababawasan." Kaya magiging ano naman ang tugon mo matapos na nakaalam ka sa pagkakaugnay ng maayos na gawa sa pananampalataya?

Magsagawa ka ng pagtatasa sa sagot mo matapos ng pag-aaral ng araling ito.

Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito

Ang mga Patunay Nito

Mga Gawaing Nakadaragdag ng Pananampalataya

Mga Gawaing Nakababawas ng
Pananampalataya

Ang Pagkakalamangan ng mga May
Pananampalataya

A. Ang mga Patunay ng Pagkadagdag ng
Pananampalataya at Pagkabawas Nito

Ang pananampalataya ay paniniwala, pagsasabi, at paggawa. Sa tuwing nadaragdagan ng katiyakan ang puso ng mananampalataya, nadaragdagan ito. Sa tuwing nadaragdagan ng pagsamba ang dila niya at ang mga bahagi ng kawan niya, tunay na ang pananampalataya niya ay nadaragdagan. Dahil doon, tunay na ang pananampalataya ay nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

Nagpapatunay sa pagkadagdag ng katiyakan at pananampalataya sa puso ang sabi ni Allāh:

(وَإِذْ قَالَ إِبْرَاهِيمُ رَبِّ أَرْنِي كَيْفَ تُحْيِي الْمَوْتَىٰ قَالَ أُولَمْ تُؤْمِنُ
قَالَ بَلَىٰ وَلَٰكِن لِّيَظْمَنَنَّ قَلْبِي)

{[Banggitin] noong nagsabi si Abraham:
"Panginoon ko, ipakita Mo sa akin kung papaano
Kang nagbibigay-buhay sa mga patay." Nagsabi

Siya: "At hindi ka ba sumampalataya?" Nagsabi ito:
"Opo; subalit upang mapanatag ang puso ko."}
(Qur'ān 2:260)

Kabilang sa mga patunay ng pagkadagdag ng pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagtalima ang sabi ni Allāh:

: (إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ)

{Tanging ang mga mananampalataya ay ang mga kapag binanggit si Allāh ay nasisindak ang mga puso nila at kapag binigkas sa kanila ang mga tanda Niya ay nadaragdagan sila ng pananampalataya at sa Panginoon nila nananalig sila,} (Qur'ān 8:2)

B. Mga Gawaing Nakadaragdag ng Pananampalataya

Nadaragdagan ang pananampalataya sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagtalima. Kabilang sa mga ito bilang halimbawa:

Ang pagkilala kay Allāh at ang pag-alam sa Kanya. Sa tuwing nadaragdagan ang Muslim ng pagkakilala kay Allāh, nadaragdagan siya ng pananampalataya at pagkatakot. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّمَا يَخْشَى اللَّهَ مِنْ عِبَادِهِ الْعُلَمَاءُ)

{Tanging natatakot kay Allāh kabilang sa mga
lingkod Niya ang mga nakaaalam.} (Qur'ān 35:28)

Ang pag-ibig ni Allāh at ng Sugo Niya. Nagpapatunay roon ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"May tatlong [katangian] ang sinumang ang mga ito ay nasa kanya, matatagpuan niya ang tamis ng pananampalataya: na si Allāh at ang Sugo Niya ay maging higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa iba pa sa kanilang dalawa, na kapag umibig ang tao ay hindi siya iibig malibang para kay Allāh at na masuklam siya na manumbalik sa kawalang-pananampalataya kung paanong nasusuklam siya na ihagis sa Impiyerno."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 16 at Imām Muslim: 43.

Ang kagandahan ng kaasalan. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa**

kanila sa kaasalan." Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 1162.

C. Mga Gawaing Nakababawas ng Pananampalataya

Ang lahat ng mga pagsuway ay humahantong sa pagkabawas ng pananampalataya. Nadaragdagan ang pagkabawas dahilan sa paggawa ng malalaki sa mga pagkakasala. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi nangangalunya ang tagapangalunya nang nangangalunya kung siya ay mananampalataya. Hindi siya umiinom ng alak nang umiinom siya kung siya ay mananampalataya. Hindi siya nagnanakaw nang nagnakaw siya kung siya ay mananampalataya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2476 at Imām Muslim: 57.

D. Ang Pagkakalamangan ng mga May Pananampalataya

Ang mga mananampalataya ay mga nagkakalamangan sa pananampalataya alinsunod sa mga gawa nila at pagpapakawagas nila kay Allāh sa mga gawang ito. Dahil doon, ang mga kalagayan ng mga mananampalataya sa Paraiso ay nagkakaibahan alinsunod sa pananampalataya nila at mga gawa nila.

Kailangan sa Muslim na magpunyagi sa paggawa ng mga pagtalima at pagsasamabuting-

loob nang sa gayon umangat siya sa pinakamataas sa mga antas ng pananampalataya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtalakayan ako at iintindi ako.

Ayon kay Abu Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **"Tunay na bahagi ng pagkaunawa ng tao na makaalam siya sa nakadaragdag sa pananampalataya niya at nakababawas mula rito."** Nagsalaysay nito si Al-Khallāl sa As-Sunnah: 1585).

Makikipagtalakayan ka sa tagapagturo mo hinggil sa mga pamamaraan ng pag-alam ng Muslim na ang pananampalataya niya ay nadaragdagan o nababawasan.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at magtatakda ako.

Mag-isip ka hinggil sa isang bilang ng mga maayos na gawain na ginagawa mo, pagkatapos magtakda ka ng limang gawain mula sa mga ito na nararamdaman mo na ang mga ito ay nakadaragdag sa pananampalataya mo.

Aktibidad 3: Manonood ako at magbubuo ako.

Bumalik ka sa sumusunod na video clip, pagkatapos magbuod ka ng naintindihan mo sa limang linya.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pananampalataya ay nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway. (X)

Ang pagtamo ng kaalaman ay nauuwi sa pagkadagdag ng pananampalataya. (✓)

Ang mga mananampalataya ay magkakapantay sa antas ng Kaginhawahan nila sa Paraiso. (X)

Ang kawalang-katarungan sa mga tao ay nagpapahiwatig ng kahinaan ng pananampalataya. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagpatunay ang mga teksto ng Qur'ān at Ḥadīth na ang pananampalataya ay:

(nadaragdagan at hindi nababawasan - hindi nadaragdagan at nababawasan - nadaragdagan at nababawasan).

Kabilang sa mga tagapagdahilan ng pagkadagdag ng pananampalataya:

(ang dami ng paghingi ng tawad - ang kasagwaan ng kaasalan - ang pagtalikod sa Qur'ān).

Ang lahat ng mga pagsuway ay nakababawas sa pananampalataya at ang pinakamatindi sa mga ito roon ay:

(ang malalaking kasalanan - ang maliliit na kasalanan - ang pagkaluku-luko).

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng ipinahihiwatig ng dalawang sumusunod na teksto:

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(وَيَزِيدُ اللَّهُ الَّذِينَ اهْتَدَوْا هُدًى).

{Nagdaragdag si Allāh sa mga napatnubayan ng patnubay.} (Qur'ān 19:76)

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan."** Naglalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 1162.

Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

Ang Unang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa pakikitungo sa mga kamag-anak niya;

makahango ka ng patunay sa kagandahan ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kamag-anak niya;

magpanatili ka ng ugnayan sa kaanak bilang pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makapagbigay-halaga ka sa pagpapahalaga ng Islām sa paggawa ng maganda sa mga kamag-anak;

makapagdakila ka sa halaga ng pagtitiis at pagpapaumanhin sa ganang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya na mga Muslim

Ang Paggalang ng Propeta sa mga Kamag-anak Niya

Ang Pagkatuwa ng Propeta sa Kanila at ang Pagkalungkot Niya Para sa Kanila

Ang Pag-aalaga ng Propeta sa mga Anak Nila

Ang mga kamag-anak ay may maraming karapatan sa Islām. Nagsagawa nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga karapatang ito ayon sa pinakalubos na anyo. Bibigyang-diin natin iyon sa paglililaw ng patnubay niya kaugnay sa mga Muslim na kamag-anak niya.

Ang Paggalang ng Propeta sa mga Kamag-anak Niya

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay gumagalang sa mga kamag-anak niya sa kalahatan. Kabilang doon na siya ay nakikitungo sa tiyuhin niyang si Al-ʿAbbās (malugod si Allāh sa kanya) gaya ng ama niya. Nililaw nga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) iyon sa sabi niya: **"Ang tiyuhin sa ama ng lalaki ay kapara ng ama niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 983.)

Nagsabi naman siya tungkol kay Saʿd bin Abī Waqqāṣ (malugod si Allāh sa kanya) – na anak ng

tiyuhin sa ama ni Āminah bint Wahb na ina ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ito ay tiyuhin sa ina ko; kaya magpakita sa akin ang isang tao ng tiyuhin sa ina niya."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 3752.)

Ang Pagkatuwa ng Propeta sa Kanila at ang Pagkalungkot Niya Para sa Kanila

Humalik ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Ja`far bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) sa sandali ng pagdating nito mula sa Etyopya at nagsabi siya: **"Hindi ko nalalaman kung sa alin sa dalawa ako ay nagagalak: sa pagsakop ba ng Khaybar o sa pagdating ni Ja`far."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Ḥākim: 4249.

Nalungkot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may katindihan dahil na siya ay pagkamartir ng tiyuhin sa ama niya na si Ḥamzah (malugod si Allāh sa kanya) sa Labanan sa Uḥud noong taong 3 Hijrah.

Ang Pag-aalaga ng Propeta sa mga Anak Niya

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-aalaga noon sa mga anak ng mga kamag-anak niya. Nag-aruga siya sa anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya). Noong namartir ang anak ng tiyuhin sa ama niya na si Ja`far (malugod si Allāh sa kanya) sa Labanan sa Mu'tah noong taong 8 Hijrah, nagtaguyod ang Propeta (basbasan

siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga anak niya. Nagsabi siya: **"Ako ay ang katangkilik nila sa Mundo at Kabilang-buhay."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 1750).

Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya na Hindi mga Muslim

Ang Sigasig Niya sa Pag-anib Nila sa Islām

Ang Pagtitiis sa Pamemerhuwisyo Nila

Ang Pagkaawa sa Kanila

Ang Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kanila

Nakitungo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga kamag-anak niya na hindi mga Muslim ayon sa simulain ng pagkaawa at paghahain ng kabutihan sa kanila. Lilinaw iyon sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang Sigasig sa Pagpasok Nila sa Islām

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbabata noon ng perhuwisyo ng mga kamag-anak niya na hindi umanib sa Islām at nagpapakalapit-loob noon nang sa gayon magawa niya na magbigay-linaw sa kanila ng mga batayan ng Islām at mga patakaran nito.

Minsan ay naghanda ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang piging. Nag-anyaya siya para rito ng apatnapung lalaki ng Angkan ng Hāshim. Kasama sa kanila ang mga

tiyuhin sa ama niya na sina Abū Ṭālib, Ḥamzah, Al-`Abbās, at Abū Lahab. Matapos makatapos sila sa pagkain, nag-anyaya siya sa kanila sa Islām.

Nanatili ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nag-aanyaya sa mga tiyuhin sa ama niya na si Abū Ṭālib hanggang sa huling araw ng buhay nito.

Ang Pagtitiis ng Propeta sa Pamemerhuwisyo
Nila

Nagtiis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamemerhuwisyo ng mga kamag-anak niya na hindi mga Muslim. Kabilang doon ang pagtitiis ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamemerhuwisyo ng tiyuhin sa ama niya na si Abū Lahab na naglalakad sa likuran niya sa mga lansangan habang nagpapasinungaling sa kanya at nagpapangamba sa mga tao sa pakikinig sa kanya.

Si Umm Jamīl na maybahay ni Abū Lahab ay namemerhuwisyo noon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nang-aalipusta sa kanya, at nagtatapon ng mga basura sa harapan ng bahay niya. Nagtiis nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lahat ng iyon.

Ang Pagkaawa ng Propeta sa Kanila at ang Panalangin Niya Para sa Kanila

Si Labanan sa Uḥud, dumalangin para sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) –samantalang sila naman ay nagpupumilit sa pagpatay sa kanya – yayamang nagsabi siya: **"O Allāh, magpatawad ka sa mga kalipi ko sapagkat tunay na sila ay hindi nakaaalam."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3477 at Imām Muslim: 1792.

Ang Pagpapanatili ng Propeta ng Ugnayan sa Kaanak Niya

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpapanatili noon ng ugnayan sa mga kamag-anak niya na hindi mga Muslim. Nagsabi siya tungkol doon: **"Ukol sa kanila ay pagpapanatili ng ugnayan na mangangalaga ako rito sa pamamagitan ng pangangalaga rito." Nangangahulugan ito: Magpapanatili ako nito sa pamamagitan ng pag-ugnay rito.** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 5990.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at maghuhulo ako.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo at maghulo ka ng ipinahihiwatig ng mga sumusunod na ḥadīth mula sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa mga kamag-anak niya.

Ang Ḥadīth Ang ipinahihiwatig nito:

Noong tumindi ang pamemerhuwisyo ng liping Quraysh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nagsabi ang Anghel ng Kabundukan: "O Muḥammad, kung loloobin mo na magtaklob ako sa kanila ng Akhshabān (dalawang bundok sa Makkah)." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Bagkus nag-aasam ako na magpalabas si Allāh mula sa mga supling nila ng sasamba kay Allāh – tanging kay Allāh – nang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3231 at Imām Muslim: 1795.) Ang Pagkaawa ng Propeta sa mga Kamag-anak Niya na Hindi mga Muslim

Ang sabi ni Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya): {Nagdikit sa akin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dibdib niya at nagsabi: **"O Allāh, ituro Mo sa kanya ang karunungan."}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3756 at Imām Muslim: 2477.)

Ang Pag-aalaga ng Propeta sa mga Anak ng mga Muslim na Kamag-anak Niya

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at magmumungkahi ako.

Sa pakikilahok sa mga kaklase mo at tagapagturo mo, magmumungkahi ka ng tatlong

kaparaanan para sa pag-anyaya sa hindi mga Muslim sa lipunan mo tungo sa Islām.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagpapanatili noon ng ugnayan kundi sa mga Muslim na kaanak niya.

Itinuro sa atin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pagpapahalaga sa pag-aanyaya sa mga kamag-anak tungo sa kabutihan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay natutuwa noon dahil sa pagkatuwa ng mga kamag-anak niya at nalulungkot noon dahil sa pagkalungkot nila.

Iniwasan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pakikitungo sa mga kamag-anak niya na hindi mga Muslim.

Nagmalasakit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga anak ng mga kamag-anak niya kaugnay sa mga panrelihiyon at pangmundong kapakanan nila.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para kay kaya ito ay naging isang maalam sa Marangal na Qur'ān.

(`Alīy bin Abī Tālib (malugod si Allāh sa kanya)
- `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanya)
- Sa`d bin Abī Abī Waqqāş (malugod si Allāh sa kanya))

Nalungkot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang namartir ang tiyuhin sa ama niya na si sa Labanan sa Uḥud.

(Ḥamzah - Al-`Abbās - Abū Tālib)

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang ehemplo ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa mga kamag-anak niya, na nagpapahiwatig sa bawat isa sa sumusunod:

Sigasig niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kapatnubayan nila;

Pagtitiis niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamemerhuwisyo ng mga kamag-anak niya;

Pag-aalaga niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga paslit ng pamilya niya.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kapitbahay Niya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng mga tampok na katangian ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa mga kapitbahay niya;

makapagbigay-halaga ka sa kahalagahan sa Islām ng paggawa ng maganda sa kapitbahay;

makatulad ka sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kagandahan ng pakikitungo sa mga kapitbahay;

makahango ka ng patunay sa pagbabawal ng paggawa ng masagwa sa mga kapitbahay.

Pagpapaumpisa

Nagtagubilin si Allāh sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa kapitbahay ng marami at nag-obliga Siya rito ng mga karapatan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi tumigil si Gabriel sa pagtatagubilin sa akin kaugnay sa kapit-bahay**

hanggang sa mag-akala ako na gagawin niyang tagapagmana [ko] ito." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6014 at Imām Muslim: 2625.)

Tinupad nga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang tagubilin iyon ayon sa pinakalubos na anyo. Kabilang sa nagpapatunay roon ang sumusunod:

Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kapitbahay Niya

Ang Paggawa ng Maganda sa mga Kapitbahay

Ang Pag-alalay sa mga Kapitbahay

Ang Pagkaibig ng Kabutihan Para sa Kanila

Ang Pakikilahok sa mga Tuwa Nila at mga Lungkot Nila

Ang Pagbata ng Perhuwisyo ng mga Kapitbahay

Ang Pagpigil ng Perhuwisyo sa mga Kapitbahay

Ang Paggawa ng Maganda sa mga Kapitbahay

Nagtagubilin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpaparangal sa kapitbahay at paggawa ng maganda rito. Gumawa siya niyon bilang tanda ng kalubusan ng pananampalataya kay Allāh. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang**

sinumang naging sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, gumawa siya ng maganda sa kapitbahay niya." (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 48.)

Ang Pag-alalay sa mga Kapitbahay at ang Pagkaibig ng Kabutihan Para sa Kanila

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtatanong noon tungkol sa mga kalagayan ng mga kapitbahay niya at umaalalay sa kanila sa mga pumapatungkol sa buhay nila. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mananampalataya ay hindi ang nabubusog samantalang ang kapitbahay niya ay nagugutom sa tabi niya."** Nagsalaysay nito si Imam Al-Bayhaqīy: 20160. Ibig sabihin: samantalang siya ay nakaaalam na ito ay nagugutom at nakakakaya naman siya sa pag-alalay rito subalit siya ay hindi umalalay rito.

Nagtagubilin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pag-ibig ng kabutihan para sa kapitbahay sapagkat nagsabi siya: **"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ibigin niya para sa kapitbahay niya ang iniibig niya para sa sarili niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 45.)

Ang Pakikilahok sa mga Kapitbahay sa mga Tuwa Nila at mga Lungkot Nila

Nangangailangan ang kapitbahay ng sinumang makikilahok sa kanya sa mga maligayang okasyon gaya ng kasal, `aqīqah, at pagpasa at gayon din ng sinumang tatayo sa tabi niya at susuporta sa kanya sa oras ng mga kasawiangpalad, tulad ng oras ng karamdaman o ng pagkamatay ng isang kaanak niya at iba pa roon.

Ang Pagbata sa Perhuwisyong mga Kapitbahay

Talaga ngang bumata ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng perhuwisyong mga tagatangging sumampalatayang kapitbahay niya sa Makkah lalo na sa pagsisimula ng hayagang pag-aanyaya niya. Kabilang doon na si Abū Lahab noon ay nag-aalipusta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagpaparatang sa kanya ng pagsisinungaling. Ang maybahay nito na si Umm Jamīl ay naglalagay noon ng mga tinik sa harapan ng bahay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sa kabila niyon, hindi gumanti sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamemerhuwisyong iyon.

Ang Pagpigil ng Perhuwisyong mga Kapitbahay

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi namemerhuwisyong noon sa mga kapitbahay niya at nag-utos na hindi mamerhuwisyong sa mga kapitbahay sapagkat

nagsabi siya: **"Ang sinumang naging sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang mamerhuwisyong sa kapitbahay niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 6018.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako at magpapahayag ako.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo at humango ka mula sa mga sumusunod na teksto ng mga anyo ng paggawa ng maganda sa mga kapitbahay o ng pamemerhuwisyong sa kanila.

Ang Teksto Ang mga Anyo ng Paggawa ng Maganda O ang Pamemerhuwisyong

May nagsabi na isang lalaki sa Sugo ni Allāh: "Tunay na si Polana ay nababanggit dahil sa dami ng pagdarasal niya, pag-aayuno niya, at kawanggawa niya gayon pa man siya ay namemerhuwisyong sa mga kapitbahay niya sa pamamagitan ng dila niya." Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Siya ay sa Impiyerno."** (Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad (9675). Ang Paglait sa mga Kapitbahay at ang Paggawa ng Masagwa sa Pagsasalita sa Kanila

Nagsabi si Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya): {Tunay na ang matalik na kaibigan ko (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay

nagtagubilin sa akin sapagkat nagsabi siya: **"Kapag nagluto ka ng sabaw, damihan mo ang tubig nito; pagkatapos tumingin ka sa isang sambahayan kabilang sa mga kapitbahay mo saka magbigay ka sa kanila mula rito ayon sa nakabubuti."**} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2625.)

Ang Pagreregalo sa mga Kapitbahay ng Kinakailangan Niya

Binanggit ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa malalaking pagkakasala: **"... na makipangalunya ka sa esposa ng kapitbahay mo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 4477 at Imām Muslim: 86.)

Ang Paglabag sa Dangal ng Kapitbahay at mga Pinakababanal Niya

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Huwag pumigil ang isang kapitbahay sa kapitbahay niya na magtusok ito ng talasok nito sa pader niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 2463 at Imām Muslim: 1609.)

Ang Pagpapakaya sa Kapitbahay sa Paggawa ng May Kapakinabangan Niya at Kapakanan Niya

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at maghahambing ako.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagmungkahi ng ilan sa mga anyo ng paggawa ng maganda, na maaari ninyong ipagkaloob sa kapitbahay sa bawat anyo mula sa mga sumusunod na anyo:

Aktibidad 3: Magsasagawa ako ng pagtatasa (assessment) sa sarili ko.

Magsasagawa ka ng pagtatasa (assessment) sa sarili mo ayon sa liwanag ng pakikitungo mo sa mga kapitbahay mo. Iyon ay sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda sa harapan ng napili na nababagay sa iyo, kalakip ng kaalaman na ang total ng mga puntos ay 15 puntos. Ang pamamahagi ng mga puntos ay gaya ng sumusunod: 3 puntos para sa pagpili ng "Palagi", 2 puntos para sa pagpili ng "Minsan", at 1 puntos para pagpili ng "Madalang".

M Ang Parirala Ang Nibel ng Pagtugon

Palagi Minsan Madalang

1. Gumagawa ako ng maganda sa mga kapitbahay ko.

2. Iniibig ko ang mabuti para sa mga kapitbahay ko.

3. Nagkakaloob ako ng ilang regalo sa mga kapitbahay ko.

4. Umaalalay ako sa mga kapitbahay ko sa sandali ng pangangailangan.

5. Tumutulad ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kagandahan ng pakikitungo sa mga kapitbahay.

Ang Total ng mga Puntos

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Nag-utos sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapahalaga sa mga damdamin ng kapitbahay. (✓)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay natutuwa noon dahil sa pagkatuwa ng mga kamag-anak niya at nalulungkot noon dahil sa pagkalungkot nila. (✓)

Umiwas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga kapitbahay niya nang sa gayon hindi siya makaperhuwisyong sa kanila. (X)

Ang kapitbahay ay hindi nangangailangan ng regalo; bagkus ng pagpigil ng perhuwisyong. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Hadith: **"Ang sinumang naging sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw,**

huwag siyang mamerhuwisyo sa kapitbahay niya." ay nagpapahiwatig ng:

(pagbabawal ng paggawa ng masagwa sa kapitbahay - pag-uutos ng paggawa ng maganda sa kapitbahay - pag-uutos ng pagpapayo sa kapitbahay).

Ḥadīth: **"Ang mananampalataya ay hindi ang nabubusog samantalang ang kapitbahay niya ay nagugutom sa tabi niya."** ay humihimok ng pag-alalay sa mga kapitbahay:

(sa tubig - sa pagkain - sa kalungkutan).

Kabilang sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa pakikitungo sa mga kapitbahay ang pagbata ng:

(mga pasanin nila - pananampalataya nila - pamemerhuwisyo nila).

PANUTO 3: Magsulat ka ng tatlong anyo ng paggawa ng maganda sa kapitbahay.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo sa mga bata;

makahango ka ng patunay sa kagandahan ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga bata;

makagawa ka ng maganda sa pakikitungo sa mga bata bilang pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makapagbigay-halaga ka sa pagpapahalaga ng Islām sa edukasyon ng mga bata;

makapagkaloob ng kasukdulan ng pagsisikap mo sa edukasyon ng mga bata.

Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata

Ang Pagpapahalaga sa Kanila Magmula ng Pagkapanganak

Ang Pakikitungo sa Kanila Nang May Kabanayaran at Pagkaawa

Ang Pagpapahalaga sa Kanila sa Edukasyon Nila at Pagtuturo sa Kanila

Talaga ngang nagtamo ang mga bata ng isang malaking pagpapahalaga mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang siya ay maawain sa kanila, na masigasig sa edukasyon nila at pakikitungo sa kanila nang isang

magandang pakikitungo. Magliliwanag ang mga tampok na katangian ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pakikitungo niya sa mga bata sa sumusunod:

A. Ang Pagpapahalaga sa Kanila Magmula ng Pagkapanganak

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpapahalaga sa sanggol. Kabilang sa pagpapahalagang iyon ang sumusunod:

Ang pagsasagawa ng adhān sa tainga ng sanggol para sa pagpapatatag ng Tawḥīd dito at para sa pangangalaga rito laban sa demonyo. Nagsagawa nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng adhān sa tainga ni Al-Ḥasan bin `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) matapos ng pagkapanganak dito.

Ang pagsasagawa ng taḥnīk sa sanggol. Iyon ay sa pamamagitan ng pagnguya ng isang datiles, pagkatapos pagpapahid naman sa bibig ng sanggol mula sa loob, gaya ng ginawa niya kay `Abdullāh bin Az-Zubayr (malugod si Allāh sa kanya) nang ipinanganak ito.

Ang pagsasagawa ng ruqyah (orasyon) sa mga bata at pagsasagawa ng ta`wīdh (pagdalangin ng pagpapakupkop) sa kanila kay Allāh laban sa demonyo, gaya ng pagsasagawa niya ng ta`wīdh kina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn.

B. Ang Pakikitungo sa Kanila Nang May Pagkaawa, Pagpapakumbaba, at Paggalang

Nagsasabi si Anas bin Mālīk (malugod si Allāh sa kanya): **"Hindi ako nakakita ng isa na higit na maawain sa mag-anak kaysa sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2316.)

Lumilitaw ang mga pagkakahayag ng kagandahan ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga bata sa sumusunod:

Ang Pagkarga ng Propeta sa mga Bata

Ito ay nasaad nga nang madalas tungkol sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga apo niya, gaya nina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn, at Umāmah bint Abī Al-`Āṣṣ, na anak ng babaing anak niya na si Zaynab.

Ang Pakikilahok sa Kanila sa Laro

Iyon ay kabilang sa pinakasukdulan sa mga patunay sa pagpapakumbaba ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Pinatitindig nga niya noon ang mga anak ng mga kamag-anak niya sa isang hanay, pagkatapos nagsasabi siya: **"Ang sinumang makauuna sa akin, magkakaroon siya ng ganito at gayon."**

Kaya mag-uunahan sila sa kanya saka aangkas sa likod niya at dibdib niya, saka hahalikan niya sila. (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 1836.)

Ang Pakikilahok sa Kanila sa Pagkain at ang Paggabay sa Kanila sa mga Etiketa Nito

Kabilang doon ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Umar bin Abī Salamah (malugod si Allāh sa kanya): **"O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh at kumain ka mula sa nakatatapat mo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 5376 at Imām Muslim: 2022.)

Ang Paggalang sa Kanila at ang Pangangalaga sa mga Karapatan Nila

Kabilang sa mga pangyayari sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay roon na minsan siya ay nasa isang pagtitipon at sa dakong kanan niya ay may isang maliit na batang lalaki at ang mga matanda naman ay nasa dakong kaliwa niya. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bata: **"O bata, magpapahintulot ka ba sa akin na ibigay ko sa mga matanda [ang inumin]." Kaya nagsabi ito: "Hindi ako naging ukol na magtangi [para magbigay] ng parte ko mula sa iyo sa isa man, O Sugo ni Allāh." Kaya ibinigay niya ito roon.** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 2351 at Imām Muslim: 2030.)

C. Ang Sigasig sa Edukasyon Nila at Pagtuturo sa Kanila

Ang Pagtuturo sa Kanila ng Pagbabasa at Pagsulat

Nagpapatunay roon na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-atang sa ilan sa mga bihag sa Labanan sa Badr mula sa mga hindi nakatagpo ng pantubos, na magturo ng sampu sa mga anak ng mga Muslim ng pagbabasa at pagsulat. Nagsalaysay nito si Ibnu Sa'd sa Aṭ-Ṭabaqāt 22/2.

Ang Pagtuturo sa Kanila ng Tumpak na Paniniwala

Kabilang doon ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Ibnu `Abbās: **"O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pananalita. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa harapan mo. Kapag hihingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag magpapatulong ka, magpatulong ka kay Allāh."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2516.)

Ang Pag-uutos ng Propeta ng Pagpapahirati sa Kanila sa mga Pagsamba at mga Kaasalan

Nagsabi ang Propeta (s): **"Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal kapag sila ay pitong taong gulang at paluin ninyo sila dahil**

dito kapag sila ay sampung taong gulang. Paghiwa-hiwalayin ninyo sila sa mga higaan."
(Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 495.)

Gayundin ang pagtuturo sa kanila ng mga etiketang Islāmiko gaya ng katapatan, pagkamapagkakatiwalaan, at paggalang sa nakatatanda.

Ang Pagsaway ng Propeta Laban sa Pakikiwangis ng mga Bata sa mga Tagatangging Sumampalataya

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapakawangis sa mga tagatangging sumampalataya sa lahat ng mga aspeto ng buhay, pati na sa kasuutan at anyo, lalo na sa edukasyon ng mga bata. Kabilang doon ang pagsaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa gupit na qaza`. Ito ay ang pag-ahit sa ilang bahagi ng buhok ng ulo ng bata at hindi pag-ahit sa ibang bahagi nito. (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5920 at Imām Muslim: 2120.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at maghuhulo ako.

Makipagtulungan ka sa mga kaklase mo at maghulo ka ng ipinahihiwatig ng mga sumusunod na pangyayari mula sa pakikitungo ng Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga bata.

Ang Senaryo Ang ipinahihiwatig nito:

Nakita ni Al-Aqra` bin Ḥābis (malugod si Allāh sa kanya) ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay humahalik kay Al-Ḥasan (malugod si Allāh sa kanya) kaya nagsabi ito: "Tunay na mayroon akong sampung anak; wala akong hinalikan mula sa kanila na isa man." Kaya tumingin sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), saka nagsabi: **"Ang sinumang hindi naawa ay hindi kaaawaan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5997 at Imām Muslim: 2318.) Ang Paghalik sa mga Bata Bilang Pagkaawa sa Kanila at Pag-ibig sa Kanila

Nagsasabi si Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan. May kapatid ako noon na tinatawag na Abū `Umayr. Minsan noon nang dumating ang Sugo ni Allāh ay nakita niya ito. Nagsabi siya: **"Abū `Umayr, ano ang ginawa ng inakay?"** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6129 at Imām Muslim: 2150.) Ang inakay ay batang ibon. Ang Pakikipagmabaitan sa mga Bata at ang Pakikipaglaro sa Kanila

Aktibidad 2: Magbabasa ako at magtatakda ako.

Maglagay ka ng isang tanda sa harapan ng nagpapahayag ng pag-uugali mo at mga damdamin mo sa sumusunod:

M Ang Pag-uugali at ang Damdamin Ang Grado ng Pag-uugali at Damdamin

Malaki Katamtaman Mahina

1. Nalulungkot ako kapag nakikita ko ang pagpapakawangis ng mga anak ng mga Muslim sa mga tagatangging sumampalataya.

2. Lumiligaya ako kapag nakikita ko ang mga bata na natututo ng Marangal na Qur'ān.

3. Hindi ako nagpapahalaga sa mga batang babaing kapatid ko.

4. Nagpapahalaga ako sa pagtuturo sa mga anak ko ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga kaasalan niya.

5. Pumupunta ako sa ṣalāh at iniwan ko ang mga anak ko sa tahanan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagmamaliit sa paglalaro kasama ng mga bata. (X)

Bahagi ng pag-ibig ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga bata na siya ay nagpapasan sa kanila sa balikat niya. (✓)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamaawain sa mga tao sa mga paslit. (✓)

Pinigilan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang paghalik sa mga paslit. (X)

Kinakailangan ang pagpapaliban ng pagtuturo sa bata ng paniniwala ng Islām hanggang sa tumuntong siya sa yugto ng pagkabinata. (X)

PANUTO 2: Takdaan mo ang saklaw ng pagpapahalaga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga bata sa mga magkakaibang yugto ng edad nila. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkumpleto sa sumusunod na talahanayan:

Ang Yugtong Pang-edad Ang mga Anyo ng Pagpapahalaga ng Propeta Rito

Sa sandali ng pagkapanganak;

Edad na pitong taon at bago nito;

Edad na sampung taon.

PANUTO 3: Humango ka ng patunay sa isang praktikal na ehemplo ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagpapahiwatig sa bawat isa sa sumusunod:

1. Ang Pakikipaglaro sa mga Bata
2. Ang Pagtuturo sa mga Bata ng Magpapakinabang sa Kanila

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa Pakikitungo sa Hindi mga Muslim

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-alam ka ng metodolohiya ng pakikitungo sa hindi mga Muslim;

makapagpaliwanag ka ng mga tampok na katangian ng patnubay na pampropeta sa pakikitungo sa hindi mga Muslim;

makahango ka ng patunay sa kagandahan ng pakikitungo ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga nakikipagsalungatan;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng mga pinahahalagahang pangkaasalan (ethical values) sa pakikitungo sa hindi mga Muslim;

makatulad ka sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga pakikitungo niya sa hindi mga Muslim.

Nagpapalagay ang ilan sa mga tao na ang pagkakaiba-iba sa relihiyon ay isang kadahilanan ng kasagwaan ng kaasalan sa nakikipagsalungatan at ng pagpapahintulot ng kawalang-katarungan sa mga ito. Ito ang lilinaw ang kamalian sa pamamagitan ng pag-aaral ng pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa hindi mga Muslim.

Ang Pakikitungo ng Propeta sa Hindi mga Muslim

Ang Pag-aanyaya sa Kanila sa Islām sa Pamamagitan ng Pinakamagaganda

Ang Paggawa ng Maganda sa Pakikitungo sa Kanila

Ang Katarungan sa Kanila at ang Pagbabawal sa Kawalang-katarungan sa Kanila

Ang Pagganap sa mga Personal na Karapatan
Nila

Ang Hindi Pamimilit sa Relihiyon

A. Ang Hindi Pamimilit sa Relihiyon

Hindi namuwersa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isa man ng pagpasok sa Islām. Nagsabi si Allāh:

(لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ)

{Walang pamimilit sa relihiyon. Luminaw nga ang pagkagabay sa pagkalisya.} (Qur'ān 2:256) (Qur'ān 2:265) Kung sakaling ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakakakaya ng pamimilit sa isa man sa pagsampalataya, talaga sanang ginawa niya iyon sa tiyuhin sa ama niya na si Abū Ṭālib at natitira sa angkan niya.

Ang kalayaan ng paniniwala ay hindi nangangahulugan ng pagkilala sa mga maling pinaniniwalaan nila sapagkat matapos ng pagkakasugo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), hindi tumatanggap si Allāh mula sa mga tao ng isang relihiyong iba pa sa Islām. Nagsabi si Allāh:

(وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ)

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap

mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.} (Qur'ān 3:85)

B. Ang Pag-aanyaya sa Kanila sa Islām sa Pamamagitan ng Pinakamamaganda

Nag-anyaya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao sa pamamagitan ng magandang pangaral at katwiran kasabay ng pagsunod sa etiketa sa pakikipagdayalogo. Kabilang sa mga pangyayari sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay roon ang pakikipagdayalogo niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Utbah bin Rabī'ah Al-Qurashīy at ang pakikipagdebate sa mga Kristiyano ng Najrān nang dumating sila sa Madīnah.

Namukod ang metodolohiya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya sa hindi mga Muslim sa kaliwanagan at kabanayaran. Pumunta nga minsan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Hudyo ng Madīnah saka nanawagan siya sa kanila sapagkat nagsabi siya: **"O katipunan ng mga Hudyo, umanib kayo sa Islām, maliligtas kayo."** **Kaya nagsabi sila: "Nakapagpaabot ka nga, Ama ni Al-Qāsim."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1765.)

C. Ang Paggawa ng Maganda sa Pakikitungo sa Kanila

Nakitungo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may pagkaawa sa mga tagatangging sumampalataya na hindi mga nakikipagdigmaan. Sinabi nga sa kanya: "O Sugo ni Allāh, dumalangin ka laban sa mga tagapagtambal." Nagsabi siya: **"Tunay na ako ay hindi ipinadala bilang palasumpa. Ipinadala lamang ako bilang awa."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2599.)

Kabilang sa pinakatanyag sa mga pangyayari sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay roon na ang Anghel ng Kabundukan ay pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagsasabi: "O Muḥammad, kung loloobin mo na magtaklob ako sa kanila ng Akhshabān (dalawang bundok sa Makkah)." **Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bagkus nag-aasam ako na magpalabas si Allāh mula sa mga supling nila ng sasamba kay Allāh – tanging kay Allāh – nang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3231 at Imām Muslim: 1795.)

Nang pumasok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Makkah (8 Hijrah) sa araw ng pagsakop, nagpaumanhin siya sa mga mamamayan nito.

D. Ang Katarungan sa Kanila at ang Pagbabawal ng Kawalang-katarungan sa Kanila

Hindi lumabag ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa katarungan sa hindi mga Muslim kaugnay sa yaman o buhay o dangal o kasunduan. Tumupad nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kasunduan niya sa liping Quraysh matapos ng Pagpayapa sa Al-Hudaybiyah (6 Hijrah). Hindi niya sinakop ang Makkah malibang dahilan sa kataksilan nila. Nangalaga siya sa mga kasunduan sa mga Hudyo ng Madīnah. Hindi siya nagpalayas sa kanila mula roon malibang dahilan sa kataksilan nila.

E. Ang Pagtupad sa mga Personal na Karapatan Nila

Tulad ng pagdalaw sa mga maysakit nila, pagkakaloob ng mga regalo sa kanila, pakikitungo sa kanila sa pagtitinda at pagbili. Nagkasakit nga minsan ang isang batang Hudyo kaya pinuntahan ito ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para dalawin. Umupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi siya rito: **"Umanib ka sa Islām." Kaya tumingin ang bata sa ama nito saka nagsabi naman dito ang ama nito: "Tumalima ka sa Ama ni Al-Qāsim." Kaya umanib sa Islām ang bata saka tumayo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nagsasabi: "Ang papuri ay ukol kay Allāh na sumagip sa kanya mula sa Impiyerno."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 1356.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghuhulo ako.

Sa pakikipagsunuran sa tagapagturo mo, humango ka ng ipinahihiwatig ng sumusunod na āyah ng mga anyo ng pakikitungo sa hindi mga Muslim.

Ang Patunay Ang ipinahihiwatig nito:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dumaraan noon sa mga tagapagtambal sa Makkah habang nagsasabi: **"O mga tao, magsabi kayo na walang Diyos kundi si Allāh, magtatagumpay kayo."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 16023). Ang Sigasig sa Kapatnubayan Nila at Pag-aanyaya sa Kanila sa Islām sa Pamamagitan ng Pinakamamaganda

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang sinumang pumatay ng isang kinasundo, hindi siya makaaamoy ng amoy ng Paraiso."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 3166. Ang Pagtupad sa mga Kasunduan at ang Hindi Pangangaway sa Hindi mga Nakikipagdigmaan

Aktibidad 2: Sasang-ayon ako at hindi ako sasang-ayon.

Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng kagandahan ng kaasalan sa hindi Muslim at ng pagkilala sa bulaang relihiyon niya. Sa

pamamagitan niyon, ipaliwanag mo kung ano ang gagawin sa mga sumusunod na pangyayari:

Ang Senaryo Sasang-ayon ako. Hindi ako sasang-ayon. Ang Pagbibigay-katwiran

Nakita mo ang kapitbahay mong Muslim na nananakit ng isang taong hindi Muslim nang walang anumang katwiran. Dahil ang Islām ay nagbawal ng pangangaway sa mga ibang tao nang walang anumang katwiran.

Nagkaloob sa iyo ang isang kasamahang hindi Muslim ng isang regalo habang siya ay nag-aanyaya sa iyo para alamin ang relihiyon niya. Dahil ang regalang ito ay may layong mag-iwan ako ng Islām at maaaring makaapekto ito sa puso ko.

Nag-anyaya sa iyo ang isang kasamahan para dumalo sa isang pagdiriwang na panrelihiyon sa simbahan niya o templo niya. Dahil ang pagdalo ko roon ay isang pagkilala sa paniniwala niya.

Nagkasakit ang kasamahan mong hindi Muslim sa trabaho saka inanyayahan ka ng isang tao para dalawin siya sa ospital. Dahil dito ay isang paggawa ng maganda para sa kanila at may isang daan para paibigin sila sa Islām.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Ang katarungan ay tungkulin sa Muslim at hindi Muslim. (✓)

Ang pagtupad sa mga kasunduan ay natatangi sa mga hindi nakikidigma. (X)

Sumang-ayon ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa alok ng Anghel ng Kabundukan na wasakin ang mga tagapagtambal. (X)

Pinapayagan para sa Muslim ang pagdalo sa mga pagdiriwang sa simbahan. (X)

PANUTO 2: Piliin mo ang tama mula sa sumusunod:

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ ۚ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ)

{Walang pamimilit sa relihiyon. Luminaw nga ang pagkagabay sa pagkalisya.} (Qur'ān 2:256) ay gumagabay sa atin tungo sa:

Pag-anyaya sa hindi mga Muslim kasabay ng pagbibigay sa kanila ng kalayaan ng pagpili.

Pagtigil sa pag-aanyaya sa hindi mga Muslim bilang pagsasagawa sa prinsipyo ng kalayaan sa paniniwala.

Paglililaw sa mga paniniwala ng Islām at pagpilit sa mga tagatangging sumampalataya sa pagyakap sa mga ito.

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ)

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya} (Qur'ān 3:85) ay isang patunay sa:

hindi pag-iral ng isang relihiyon sa lupa na iba pa sa Islām.

pagiging ang lahat ng mga relihiyon ay walang-kabuluhan maliban sa Islām.

pagkakinakailangan ng pagpatay sa lahat ng mga tao na hindi mga Muslim.

PANUTO 3: Ano ang hatol ng pagdalaw sa maysakit na hindi Muslim? At ano ang patunay?

Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Karapatan ng Muslim

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga karapatan ng Muslim;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga salita sa ḥadīth na nasasaad sa aralin;

makapagbuod ka ng pinakamahalaga sa iginagabay ng ḥadīth na nasasaad sa aralin;

makaganap ka sa mga karapatan ng Muslim;

makapagsaulo ka ng teksto ng ḥadīth.

Pagpapaumpisa

Ilarawan mo ang damdamin mo sa bawat pangyayari mula sa mga sumusunod na pangyayari:

Nagbigay ka ng pagbati sa kapitbahay mo ngunit hindi siya tumugon sa iyo.

Nagkasakit ka at pumasok ka sa ospital ngunit walang dumalaw sa iyo na isa man sa mga kasamahan mo.

Nag-anyaya ka sa mga kaibigan mo sa isang kainan ngunit hindi dumalo ang higit na marami sa kanila.

Ipaghambing mo ang mga naunang pag-uugali sa nasaad sa marangal na ḥadīth na ito:

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: **"Ang karapatan ng Muslim sa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagdalo sa libing, ang pagtugon sa paanyaya, at ang pagsasagawa ng tashmīt sa bumahin."}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1240 at Imām Muslim: 2162.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

ang pagdalaw sa maysakit ang pagbisita sa maysakit

ang pagtugon sa paanyaya ang pagpunta sa Muslim kapag nag-anyaya siya para sa pagkain

ang pagsasagawa ng tashmīt sa bumahin ang pagdalangin para sa kanya sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Yarḥamukumu -llāh (Kaawaan kayo ni Allāh)"

Maiksing Talambuhay ng Tagapagsalaysay ng Ḥadīth

Ang Pangalan Niya: `Abdurrahmān bin Ṣakhar Ad-Dawsīy (Malugod si Allāh sa Kanya).

Umanib siya sa Islām noong taong 7 Hijrah. Nanatili siya sa pagkakasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hanggang

sa pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Dumalangin para sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kalakasan ng pagsasaulo at na gawin siyang kaibig-ibig sa mga mananampalatayang lingkod ni Allāh. Siya ay kabilang sa pinakamapagsaulo ng ḥadīth sa mga Kasamahan at pinakamarami sa kanila sa pagsalaysay nito sapagkat nagsalaysay siya ng higit sa 5,000 ḥadīth.

Siya ay kabilang sa mga maalam ng mga Kasamahan at pinakamarami sa kanila sa pag-aanyaya tungo sa Islām at pagtuturo sa mga Muslim.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 59 Hijrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Naglalayon ang Islām ng pagtatayo ng isang lipunang nagkakapitan. Dahil dito, gumawa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa Muslim ng mga karapatan sa mga Muslim na kapatid niya, na walang pag-iwas sa pagganap sa mga ito. Naglaman ang ḥadīth na ito ng pinakamahalaga sa mga karapatang iyon.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

Ang Pagdakila ng Shari`ah sa mga Karapatan ng Muslim

Ang Paghimok sa Pagganap sa mga Karapatan ng Muslim

Ang Pagpapahalaga ng Islām sa Nagbubuklod sa mga Puso ng mga Muslim

Kabilang sa mga karapatan ng Muslim sa Muslim na kapatid niya na:

Tumugon dito sa pagbati kapag nagbigay ito niyon sa kanya.

Dumalaw rito kapag nagkasakit ito.

Dumalo sa libing nito kapag namatay ito.

Tumugon sa paanyaya nito kapag nag-anyaya ito sa `aḳīqah at tulad niyon.

Magsagawa ng tashmīt dito kapag bumahin ito, pagkatapos nagpuri ito kay Allāh kaya naman magsasabi siya rito ng: "Yarḥamuka -llāh (Kaawaan ka ni Allāh)."

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at magtatakda ako.

Sa pamamagitan ng pagkaintindi mo sa ḥadīth ng aralin, linawin mo kung alin sa mga sumusunod na kahulugan ang ipinahihiwatig ng ḥadīth at kung alin sa mga ito ang hindi ipinahihiwatig ng ḥadīth, sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda na (✓) sa naaangkop na puwang.

Ang Kahulugan Nagpapahiwatig nito ang ḥadīth. Hindi nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

Ang mga karapatan ng Muslim ay natatangi sa mga lalaki.

Ang Muslim ay may mga karapatang iba pa sa limang ito.

Kabilang sa karapatan ng Muslim na daluhan mo ang mga okasyon niya kapag nag-anyaya siya sa iyo.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at tutugon ako.

Mayroong mga karapatan para sa Muslim na hindi nabanggit sa ḥadīth. Pagbulay-bulayan mo ang mga sumusunod na teksto, pagkatapos piliin mo ang ipinahiwatig ng mga ito na mga karapatan ng Muslim. Ilista mo ang numero na nagpapahiwatig sa mga ito sa sumusunod na talahanayan.

Ang pagsisikap sa pagpapalayo sa kanya kapag binihag siya ng kaaway.

Ang pagtigil sa panlilibak at paniniktik sa kanya.

Ang pakikipag-ugnayan sa kanya at ang pagtigil sa pakikipag-alitan sa kanya.

Ang hindi pagkuha ng ari-arian nya nang walang anumang katwiran.

M Ang Teksto Ang mga Karapatan ng Muslim

1. Ang sabi ni Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبَاطِلِ)

{0 mga sumampalataya, huwag kayong gumamit sa mga yaman ninyo sa pagitan ninyo sa kawalang-kabuluhan,} (Qur'ān 4:29)

2. Ang sabi ni Allāh: **{Huwag kayong maniktik. Huwag manlibak ang ilan sa inyo ang iba pa.}** (Qur'ān 49:12)

3. Ang sabi naman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Palayain ninyo ang nagdurusa – ipinakakahulugan nito ang bihag. Pakainin ninyo ang nagugutom. Dalawin ninyo ang maysakit."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 3046.)

4. Ang sabi pa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na umiwas sa kapatid niya nang higit sa tatlong araw."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6065 at Imām Muslim: 2559.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Natipon ng ḥadīth ng aralin ang lahat ng mga karapatan ng Muslim. (X)

Nararapat sa Muslim ang magsaalang-alang sa damdamin ng kapatid niyang Muslim. (✓)

Kinakailangan ang magsagawa ng tashmīt sa bumahin kahit pa hindi siya nagpuri kay Allāh. (X)

Tutulad ako sa tagapagsalaysay ng ḥadīth sa pagpapahalaga sa kaalaman. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga karapatan ng Muslim na nababanggit sa ḥadīth:

(ang pagpipitagan sa kanya sa sandali ng pagtanda - ang pagdalaw sa kanya kapag nagkasakit siya - ang kagandahan ng pagpapalagay sa kanya).

Kabilang sa mga karapatan ng Muslim na hindi nabanggit sa ḥadīth:

(ang pagdalaw sa kanya kapag nagkasakit siya - ang pagtugon sa kanya sa pagbati - ang pagtulak ng kawalang-katarungan palayo sa kanya).

Bahagi ng karapatan ng Muslim kapag pinapanaw siya:

(ang pagdalo sa libing niya - ang pagdalangin para sa kanya - ang dalawang nabanggit).

PANUTO 3: Sa pamamagitan ng pagkakaalam mo sa ilan sa mga karapatan ng Muslim, magmungkahi ka ng isang solusyon sa bawat isa sa sumusunod:

May nagdarasal sa masjid mo na isang maralitang lalaki at nagtatrabaho sa isang abang empleo.

Nanunuya ang ilan sa mga kabataan sa isang lalaki dahil sa kahinaan niya at lumang damit niya.

Nagmamataas ang ilan sa mga kapitbahay sa kapitbahay nila dahil siya ay taga ibang bansa.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

Ang mga Layong Pampamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga kainaman ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga salita sa ḥadīth na nasasaad sa aralin;

makapagbuod ka sa pangkalahatang kahulugan ng ḥadīth ng aralin;

makapagpaliwanag ka ng pinakamahalaga sa iginagabay ng ḥadīth;

makapagsaulo ka ng teksto ng ḥadīth;

makapagpanatili ka ng ugnayan sa mga kaanak mo;

Nag-obliga ang Islām ng pagsasamabuting-loob sa mga magulang. Kaya nalilimitahan ba ang pagsasamabuting-loob sa mga magulang lamang? Mayroon bang mga iba pang hinihiling sa Muslim na magsamabuting-loob siya sa kanila at magpanatili siya ng ugnayan sa kanila? Gagantimpalaan ba ang Muslim dahil doon?

Ito ang ipagbibigay-alam sa iyo ng ḥadīth ng aralin.

Ayon kay Anas bin Mālīk (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: **"Ang sinumang umibig na paluwagan para sa kanya sa panustos sa kanya, antalaan para sa kanya sa taning niya, at pagpalain sa edad niya ay magpanatili siya ng ugnayan sa kaanak niya."**} (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 5986 at Imām Muslim: 2557.)

Maiksing Talambuhay ng Tagapagsalaysay ng Ḥadīth

Ang Kunyah Niya at ang Pangalan Niya: Abū Ḥamzah Anas bin Mālīk bin An-Naḍr Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya).

Naglingkod si Anas (malugod si Allāh sa kanya) sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang sampung taon.

Dumalangin para sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi ito: **"O Allāh, paramihin mo ang yaman niya at ang anak niya. Pagpalain Mo siya sa ibinigay Mo sa kanya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6334 at Imām Muslim: 660.) Kaya si Anas (malugod si Allāh sa kanya) ay kabilang sa pinakamarami sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa yaman at anak.

Nagdarasal siya noon saka nagpapahaba ng pagtayo. Siya ay kabilang sa pinakamarami sa mga Kasamahan sa salaysay ng ḥadīth buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Pinapanaw siya noong taong 92 Hijrah sa Baṣrah.

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

paluwagan dagdagan

antalaan humaba o pagpalain

taning niya edad niya

kaanak niya mag-anak niya at mga kamag-anak niya

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagpapaliwanag sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kahalagahan ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak at mga kaaya-ayang epekto nito sa buhay. Kaya ang sinumang nagnais ng pagpapala sa buhay at karagdagan sa panustos, kailangan sa kanya na magpanatili ng ugnayan sa kaanak niya at gumawa ng maganda sa kanila.

Ang mga Pagpapanuto at ang mga Katuturan

Ang Pagpapaibig sa Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

Ang Pagpapahalaga ng Islām sa mga Aspeto ng Buhay Panlipunan

Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay may mga kainaman at mga dakilang epekto sapagkat ito ay:

nagbibiyaya sa buhay;

nagdaragdag sa panustos;

nagpapatamo sa tao ng kaaya-ayang reputasyon matapos ng kamatayan niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at maghahambing ako.

Makipagtulungan ka kasama ng kaklase mo at maghambing ka sa pagitan ng mga epekto ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak at ng pagputol nito, sa pamamagitan ng mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang Kalamangan ng Pagpapanatili ng Ugnayan Ang Kaparusahan ng Pagputol ng Ugnayan

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Hindi papasok sa Paraiso ang isang tagaputol ng ugnayan sa kaanak."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5984 at Imām Muslim: 2556.) Ang Pagkakait ng Pagpasok sa Paraiso

Ang sabi ni Allāh sa banal na ḥadīth: **"... Ako ay ang Napakamaawain at siya ay ang pagkakaaanak. Humango Ako para sa kanya ng isang pangalan mula sa pangalan Ko. Ang sinumang nagpanatili ng ugnayan sa kanya, magpapanatili Ako ng ugnayan sa kanya."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 1696.) Nagpapanatili si Allāh ng ugnayan sa sinumang nagpapanatili ng ugnayan sa kaanak niya sa pamamagitan ng bawat kabutihan.

Ang sabi naman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Tunay na ang kawanggawa sa dukha ay kawanggawa at sa may pagkakaaanak ay dalawa: kawanggawa at**

pagpapanatili ng ugnayan." Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'iy: 2582. Ang Pag-iibayo ng Pabuya sa Pagkakawanggawa

Aktibidad 2: Magbabasa ako at magtatakda ako.

Sa harapan mo ay may maraming anyo ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak, na makapipili ka ng maisasagawa mo mula sa mga ito:

(ang pagdalaw sa mga kaanak - ang pagpapanauhin sa mga kaanak - ang pagtatanong tungkol sa mga kaanak - ang pagbibigay ng mga salapi sa mga kaanak - ang pagpipitagan sa nakatatanda sa kanila - ang pagkaawa sa mahina sa kanila - ang pakikilahok sa kanila sa mga tuwa nila at mga lungkot nila - ang pagdalaw sa mga maysakit nila - ang pagdalo sa mga libing nila - ang pag-aanyaya sa kanila tungo sa patnubay - ang pag-uutos sa kanila ng nakabubuti at ang pagsaway sa kanila ng nakasasama).

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ka ng isang guhit sa ilalim ng tumpak na napili sa sumusunod:

Ang pag-uutos ng paggawa ng maganda ay nalilimitahan sa mga magulang hindi sa mga kamag-anak. Tumpak - Mali

Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay ang paggawa ng maganda sa mga kamag-anak at

ang pagpapaabot ng kabutihan sa kanila. Tumpak - Mali

Kabilang sa mga kahihinatnan ng pagputol ng ugnayan sa kaanak ang pagkakait ng pagpasok sa Paraiso. Tumpak - Mali

Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay walang kaugnayan sa pagtustos [ni Allāh]. Tumpak - Mali

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) ng:

(pagpapakagaling sa kaalaman - lawak sa panustos - lakas sa katawan)/

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: "antalaan para sa kanya sa taning niya" ay nangangahulugan na:

(humaba ang buhay niya - biyayaan siya sa ari-arian niya - manatili ang alaala niya).

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga pagpapanuto ng marangal na ḥadīth.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkaawa at ang Paggalang

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsalaysay ka ng buhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga salita sa ḥadīth na nasasaad sa aralin;

makapagbuod ka ng pambuod na kahulugan ng ḥadīth ng aralin;

makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa ḥadīth;

magpitagan ka sa nakatatanda at maawa ka sa nakababata;

makapagsaulo ka ng teksto ng ḥadīth;

Aktibidad na Pang-umpisa

Sa sandali ng pagdaan mo sa kalye, nakakita ka ng isang binata ng nagtataas ng boses sa isang matandang lalaki. Kaya ano ang payo na ibibigay mo sa kanya?

Maaari kang makinabang sa pagpapayo mula sa marangal na ḥadīth na ito:

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya), ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon: **"Hindi kabilang sa atin ang sinumang hindi naaawa sa nakababata sa atin at hindi nakakilala sa karapatan ng nakatatanda sa atin."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4943 at Imām At-Tirmidhiy: 1920.

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

Hindi kabilang sa atin Hindi tagasunod sa sunnah natin at hindi nanatili sa etiketa natin

naaawa nakikitungo nang may kabaitan at pagkaawa

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

`Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ Al-Qurashīy (malugod si Allāh sa kanya).

Umanib siya sa Islām at lumikas siya matapos ng ikapitong taon ng paglikas. Nakasaksi siya sa ilan sa mga pagsalakay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Siya noon ay masagana sa kaalaman. Nagsalaysay nga siya tungkol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng higit sa 700 ḥadīth.

Siya noon ay masipag sa pagsamba sapagkat siya noon ay nagpaparami ng pag-aayuno at pagbigkas ng Qur'ān.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 63 Hijrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Naglilina ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ilan sa mga dakilang kaasalan na kinakailangan na lumaganap sa gitna ng mga Muslim. Kabilang sa mga ito ang pagkaawa sa mga mahina at lalo na sa mga bata at ang paggalang sa mga matanda at mga may mataas na katayuan. Ang sinumang hindi sumunod doon, sumalungat nga siya sa patnubay ng mga Muslim at mga kaasalan nila.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

Ang kahalagahan ng pagkaawa at lalo na sa mga bata.

Ang pagkakailangan ng pagpipitagan sa mga matanda at mga may mataas na katayuan at ng paggalang sa kanila.

Ang pagkaawa at ang paggalang ay kabilang sa mga tatak na ikinabubukod ng lipunang Muslim.

Ang pagkakailangan ng pagsasang-ayunan sa pangkat ng mga Muslim sa mga kaasalan nila at mga magandang pag-uugali nila.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-aanalisa ako at maghuhulo ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang mga naaawa ay kaaawaan ng Napakamaawain. Maawa kayo sa mga nasa lupa, maaawa sa inyo ang nasa langit."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4943 at Imām At-Tirmidhīy: 1924.)

Makilahok ka sa kaklase mo sa paglilinaw sa anyo ng pagkakaugnay ng ḥadīth na ito sa ḥadīth ng aralin.

Sumasang-ayon ito sa ḥadīth ng aralin sa: pagbibigay-diin sa kaasalan ng pagkaawa at paghimok para rito.

Lumalabis ito sa ḥadīth ng aralin sa:

1. paglilinaw ng gantimpala sa pagkaawa at pabuya rito;

2. pagiging ang pagkaawa ay panlahat at hindi nagtatangi sa mga bata lamang.

Aktibidad 2: Titingin ako at mag-uugnay ako.

Sa pamamagitan ng pagtingin mo sa anyo at pag-uugnay nito sa ḥadīth, piliin mo ang pinakaangkop para sa pagtatangi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bata ng pagkaawa.

Ang Kahinaan ng Bata at ang Kawalang-kakāyahan Niya sa Pagtulak ng Kawalang-katarungan

Ang Kaliitan ng Pangangatawan ng Bata at ang Kahinaan ng Paglaki Niya

Ang Pangangailangan ng Bata sa Salapi at Sustento

Aktibidad 3: Mag-uuri ako.

Uriin mo ang mga sumusunod na pag-uugali alinsunod sa hinihiling. Iyon ay sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda sa tumpak na lugar.

Ang Anyo Pagkaawa sa Bata Pagtupad sa Karapatan ng Matanda

Lalaking humahadlang sa Kapitbahay Niya sa Pagpalo sa Isa sa mga Paslit

Binatang Naglalagay ng Silya Upang Makapagpahinga Rito ang Isang Matanda sa Kalye

Dalagang Umaalalay sa Tiyahin Niya sa Paghahanda ng Pagkain Para sa mga Panauhin

Binatang Tumitindig Mula sa Kinauupuan Niya sa Bus Para Magpaupo sa Isang Matandang Lalaki

Mag-aaral na Bumibitbit ng Bag ng Guro Niya

Manggagamot na Nagising sa Gabi Para sa Pagsaklolo ng Sanggol

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Nagtatadhana ang ḥadīth sa pagkaawa sa nakatatanda at paggalang sa nakababata.

Ang pagtanggap ng payo ng nakatatanda ay nagpapahiwatig ng paggalang sa kanya.

Ang pag-aalaga ng ina sa mga anak nya ay bahagi ng pagkaawa sa bata.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Tumutulad tayo kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya) sa sigasig sa:

(pag-aayuno - pagtipon ng yaman - pag-aalaga sa mga maralita).

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: "Hindi kabilang sa atin" ay nangangahulugang hindi kabilang sa:

(relihiyon natin - mga etiketa natin - lahi natin).

Sa pagsunod sa mga paggabay ng ḥadīth, nagkakatatotoo sa lipunan ang kaasalan ng:

(pagkaawa - katapatan - katarungan).

PANUTO 3: Kumpletuhin mo ang talahanayan sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sumusunod na parirala sa naaangkop na puwang:

(ang paglalaro kasama niya - ang pagsunod sa opinyon niya - ang pagpapaalam bago pumasok sa kanya - ang magandang pag-aasal sa kanya sa sandali ng pagsasalita - ang pagdudulot ng edukasyon sa kanya at ang pagtuturo sa kanya - ang pagtigil sa pamemerhuwisyo sa kanya at pananakit sa kanya)

Bahagi ng Paggalang sa Nakatatanda:

ang hindi paglalakad sa harapan niya;

ang pagpapaalam bago pumasok sa kanya;

ang magandang pag-aasal sa kanya sa sandali ng pagsasalita;

ang pagsunod sa opinyon niya. Bahagi ng pagkaawa sa nakababata: ang pagtaboy ng perhuwisyo palayo sa kanya; ang pagtigil sa pamemerhuwisyo sa kanya at pananakit sa kanya ang paglalaro kasama niya; ang pagdudulot ng edukasyon sa kanya at ang pagtuturo sa kanya.

PANUTO 4: Bakit itinangi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang bata sa pagkaawa sa ḥadīth ng aralin?

Ang Ikawalong Aralin: Ang Pagpaparangal sa Kapitbahay at Panauhin

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsalaysay ka ng buhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga salita sa ḥadīth na nasasaad sa aralin;

makapagbuod ka ng pambuod na kahulugan ng ḥadīth ng aralin;

makapagpatupad ka sa mga pagpapanuto ng ḥadīth tungo sa kapitbahay at panauhih;

makapagsaulo ka ng teksto ng ḥadīth;

Aktibidad na Pang-umpisa

Sumama ka sa isang kaibigan mo sa isang kasalan. Nakita mo siya na tumatayo mula sa upuan niya upang magpaupo sa isa sa mga tao habang ngumingiti siya sa harap nito at tumatawag dito: "Maligayang pagdating sa iyo, Abū Muḥammad;. Maupo ka rito, Abū Muḥammad." Kaya nagtataakang tinanong mo siya tungkol sa sekreto ng pagpapahalaga niya sa

lalaki. Nagsabi naman siya: "Siya ay kapitbahay ko." Ano ang nagtulak sa kaibigan mo para gawin iyon?

Sa ḥadīth na ito ay may isang pagpapakahulugan sa pag-uugaling ito.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: **"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa panauhin niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 47.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw Ang sinumang sumasampalataya nang pananampalatayang lubos na makapagligligtas sa pagdurusang dulot ni Allāh at sa Huling Araw, na nagpapaabot sa pagkalugod Niya

manahimik siya tumahimik siya at huwag magsalita

magparangal siya sa kapitbahay niya gumawa siya ng maganda sa pakikitungo sa kapitbahay niya at huwag niyang iwala ang mga karapatan nito

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Nauna nang nabanggit ang maikling talambuhay ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya). Kabilang sa nasaad sa buhay niya rin:

na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbigay ng kunyah sa kanya na Abū Hurayrah (Ama ng Kuting) dahil siya ay nagdadala ng isang kuting.

Si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) ay nagdurusa noon ng karalitaan yayamang nagsabi siya tungkol sa sarili niya: **"Sumpa man kay Allāh na walang Diyos kundi Siya, tunay na ako noon ay talagang nakahiga sa lupa sa tagiliran ng atay ko dahil sa tindi ng gutom at nagtatali ng bato sa tiyan ko."**

Pagkatapos nagpayaman sa kanya si Allāh sa huling bahagi ng buhay niya at siya ay naging may yaman, bahay, at mga anak.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Naglamang ang ḥadīth ng tatlo sa mga kaasalan ng mga mananampalataya. Ang mga ito ay ang pagsasabi ng kabutihan o ang pananahimik, ang paggawa ng maganda sa mga kapitbahay, at ang

pagpaparangal sa panauhin at ang pagsasagawa ng mga karapatan niya.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

Kabilang sa mga kinakailangan sa pananampalataya ang pagsasabi ng kabutihan at ang pagpaparangal sa kapitbahay at panauhin.

Ang pagpapaibig sa pagsasalitang kaaya-ayang napakikinabangan.

Ang pananatili sa pananahimik ay higit na mabuti kaysa sa pagsasalita ng kabulaanan.

Ang pagsasabi ng katotohanan at kabutihan ay higit na mainam kaysa sa pananahimik.

Ang pagkakinakailangan ng paggawa ng maganda sa mga kapitbahay at ang pagbabawal sa pamemerhuwisyo sa kanila.

Ang kainaman ng pagpaparangal sa panauhin.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uuri ako.

Uriin mo ang mga sumusunod na kahulugan mula sa pagpapahiwatig ng ḥadīth sa mga ito, sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda sa naaangkop na puwang.

M Ang Kahulugan Nagpapahiwatig nito ang ḥadīth. Hindi nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

1. Ang pagbibigay-halaga sa kapitbahay ay kabilang sa mga tanda ng pananampalataya.

2. Ang kahalagahan ng pagpaparangal sa panauhin.

3. Ang pagpapanatili ng ugnayan sa gitna ng mga kapitbahay ay isang bagay na panlipunan na walang kaugnayan para rito sa pananampalataya.

4. Ang pananampalataya ay may mga pag-uugali na nagpapahiwatig sa pagkakasakatotohanan nito.

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at mag-uugnay ako.

Makikipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pag-uugnay ng nasaad sa ḥadīth sa naaangkop dito mula sa mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang Naaangkop Dito Mula sa Ḥadīth

Ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

(مَا يَلْفُظُ مِنْ قَوْلٍ إِلَّا لَدَيْهِ رَقِيبٌ عَتِيدٌ)

{Wala siyang binibigkas na anumang pagkakasabi malibang sa tabi niya ay may isang

mapagmasid na nakalaan [na magtala].} (Qur'ān 50:18)

" magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Huwag pumigil ang isang kapitbahay sa kapitbahay niya na magtusok ito ng talasok nito sa pader niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2463 at Imām Muslim: 1609.)

"magparangal siya sa kapitbahay niya."

Ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

(هَلْ أَتَاكَ حَدِيثُ ضَيْفِ إِبْرَاهِيمَ الْمُكْرَمِينَ)

{Dumating kaya sa iyo ang salaysay ng mga panauhin ni Abraham, na mga pinarangalan?} (Qur'ān 51:24) "magparangal siya sa panauhin niya."

Aktibidad 3: Magsusuri ako at magbubuo ako.

Maaari sa iyo ang magsuri sa link na ito upang luminaw sa iyo ang pagkapanganib ng dila. Pagkatapos magbuod ka ng pinakamahalaga sa nahinuha mo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Ang kahulugan ng "manahimik siya" ay magtaas siya ng boses niya.

Ang mananampalataya ay hindi nananahimik sa pag-uutos ng nakabubuti.

Ang pagpapakain sa panauhin ay nagpapahiwatig ng katapatan sa pananampalataya.

Nagtiis si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) sa karalitaan at mga kasawiangpalad.

Ang pagpaparangal sa kapitbahay ay walang kaugnayan para rito sa pananampalataya.

PANUTO 2: Magsagawa ka ng pagtatasa sa mga sumusunod na pag-uugali, sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda sa naaangkop na puwang.

M Ang Pag-uugali Tumpak na Pag-uugali Maling Pag-uugali

1. Ang pagmimithi sa pag-alam sa mga lihim ng mga kapitbahay.

2. Ang pagtatanong tungkol sa mga anak ng nakalibang kapitbahay at ang pagtugon sa mga pangangailangan nila.

3. Ang pagsasalita tungkol sa mga lihim ng kapitbahay at ang pagbubunyag sa mga pribadong usapin.

4. Ang pagtatapon ng basura sa harapan ng mga bahay ng mga kapitbahay.

5. Ang paghahangad ng pabuya [kay Allāh] sa paggugol sa panauhin.

6. Ang pagpapabatid sa kaklase mo na may ibang kaklase na nag-alipusta sa kanya kahapon.

7. Ang pagtatanggol sa panauhin kapag may lumabag sa kanya na isa man.

8. Ang pagtataas ng tunog ng telebisyon hanggang sa makaligalig sa mga kapitbahay.

PANUTO 3: Magbigay ka ng isang payo sa isang kaklaseng naninira sa mga dangal ng mga tao.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Balanse at ang Kaigihan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth na nasasaad sa ḥadīth;

makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa ḥadīth ng aralin;

makapagpaliwanag ka ng pamamaraan ng pakikipagbalanse sa pagitan ng Mundo at Kabilang-buhay;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagbabalansehan sa mga karapatan;

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

Kapatid kong mag-aaral, matapos ng pag-aaral ng ḥadīth na ito, punan mo ang puwang ng sumusunod na pormularyo ng naaangkop dito na mga karapatan:

Ang Karapatan ni Allāh

Ang Karapatan ng Sarili

Ang Karapatan ng Mag-anak

Nagsabi si Salmān Al-Fārisīy (malugod si Allāh sa kanya) kay Abu Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya): **{Tunay na ang Panginoon mo sa iyo ay may karapatan, ang sarili mo sa iyo ay may karapatan, at ang mag-anak mo sa iyo ay may karapatan. Kaya magbigay ka sa bawat may karapatan ng karapatan nito. Kaya nagsabi Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsabi ng totoo si Salmān."}** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 1968.)

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagtuturo sa atin ang ḥadīth na ito ng isang pundasyon ng Sharī'ah. Ito ay ang balanse sa

pagganap ng mga karapatan. Kaya hindi tayo gaganap ng isang karapatan at magkukulang naman tayo sa iba pang karapatan. Dahil dito, noong nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng salita ni Salmān (malugod si Allāh sa kanya), nagsabi siya: **"Nagsabi ng totoo si Salmān."** Kung saan hinati niya ang mga karapatan sa tatlong bahagi:

A. Ang karapatan ni Allāh. Ito ay ang pinakamahalaga sa mga karapatan. Sumasaklaw ito sa pagsasagawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga sinasaway

B. Ang karapatan ng sarili. Sumasaklaw ito sa anumang nagsasaayos sa sarili at katawan gaya ng pagkain, inumin, pahinga, at iba pa roon, kabilang ang anumang walang kasalanan doon.

C. Ang karapatan ng mag-anak, gaya ng maybahay at mga anak sapagkat walang pag-iwas sa pag-aalaga sa kanila at pagpapahalaga sa mga pumapatungkol sa kanila.

Ang mga Katuturan at ang mga Direktiba

Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan niya at ang hindi pagkukulang sa isang karapatan kabilang sa mga karapatan.

Ang pagtigil sa pag-aatang sa sarili ng hindi nito nakakaya na pagsamba.

Ang kahalagahan ng balanse sa pagitan ng lahat ng mga karapatan at ng mga tungkulin.

Ang pagsasaalang-alang ng Islām sa naturalesa ng tao at mga pangangailangan niyang pang-espirituwal at pampisikal.

Ang kahalagahan ng balanse sa pagitan ng pagpupunyagi sa pagsamba at ng paglilibang ng sarili sa pamamagitan ng ipinahintulot ni Allāh.

Ang lalim ng pagkaintindi ng mga Kasamahan (ang pagkalugod ni Allāh ay sumakanila) sa Islām at mensahe nito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay-pansin ako at tutugon ako.

Magtala ka sa sumusunod na talahanayan ng tatlo sa mga anyo ng paglilibang na pinapayagan at ng tatlo sa mga anyo ng paglilibang na hindi pinapayagan.

Ilan sa mga Anyo ng Paglilibang na Pinapayagan

Ilan sa mga Anyo ng Paglilibang na Hindi Pinapayagan

Aktibidad 2: Magsasaliksik ako at magbubuod ako.

Sa kabila ng mga pasanin ng pag-aanyaya at pakikibaka, gayon pa man, ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagkulang sa karapatan ng mga maybahay niya at mga kamag-anak niya.

Magsaliksik ka ng dalawang pangyayari sa talambuhay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagpapatunay roon at magbuod ka ng dalawang ito sa kuwaderno mo.

Aktibidad 3: Maghuhulo ako.

Pagbulay-bulayan mo ang mga sumusunod na āyah, pagkakatapos ipaliwanag mo ang ipinahihiwatig ng mga ito na mga uri ng pagbabalanse sa pagitan ng mga karapatan.

Ang Āyah / Ang Ipinahihiwatig Nito

(وَالَّذِينَ إِذَا أَنْفَقُوا لَمْ يُسْرِفُوا وَلَمْ يَقْتُرُوا وَكَانَ بَيْنَ ذَلِكَ قَوَامًا)

{[Sila] ang mga kapag gumugol ay hindi nagpapakalabis at hindi sila nagkukuripot, at laging nasa pagitan niyon ay katamtaman.}

(Qur'ān 25:67) Ang Pagbabalanse sa Paggugol ng Salapi

(وَأَبْتَغِ فِيمَا ءَاتَاكَ اللَّهُ الْدَّارَ الْآخِرَةَ وَلَا تَنْسَ نَصِيبَكَ مِنَ الدُّنْيَا^ط)

{Hangarin mo sa anumang ibinigay sa iyo ni Allāh ang tahanan sa Kabilang-buhay at huwag mong kalimutan ang bahagi mo sa Mundo.}

(Qur'ān 28:77) Ang Pagbabalanse sa Pagitan ng Paggawa Para sa Kabilang-buhay at ng Pagtatamasa ng mga Kaaya-ayang Bagay ng Buhay

Aktibidad na Pampagpapalago

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante ang magsaliksik ng kuwento ng pag-anib sa Islām ng Kasamahan ng Propeta na si Salmān Al-Fārisīy (malugod si Allāh sa kanya) yayamang dito ay may mga aral at mga pangaral, na kabilang sa mga ito ang positibismo at sigasig sa paghahanap ng katotohanan at pagsunod dito.

Pagbibigay-pansin: Nasaad ang kuwento nang buo sa aklat na Siyar A'lām An-Nubala' 1/449.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pariralang higit na naaangkop upang maging pamagat ng ḥadīth ay:

(Ang Pagpapahalaga sa mga Karapatan ni Allāh - Ang Pagbabalanse sa Pagitan ng mga Karapatan - Ang mga Karapatan ng Pamilya)

Isang babaing nagpapanatili ng pagdarasal sa oras nito subalit siya ay hindi tumatalima sa asawa niya kaya naman siya ay:

(gumagawa alinsunod sa ḥadīth - hindi gumagawa alinsunod sa ḥadīth - gumagawa alinsunod sa bahagi ng ḥadīth).

Natutuhan ko mula sa pangyayari kay Salmān (malugod si Allāh sa kanya) na:

(magpayo ako sa mga Muslim - magkawanggawa ako nang palihim - mag-aral ako ng pagbigkas ng Qur'ān).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Itinuturing na kaibig-ibig ang pag-atang sa sarili ng hindi nito nakakaya na pagsamba.

Kinasusuklaman ang pag-atang sa sarili ng hindi nito nakakaya na pagsamba.

Kailangan sa Muslim na gumanap ng mga karapatan ni Allāh nang walang pagpapakaabala sa mga anak niya.

Kailangan sa Muslim na gumanap ng mga karapatan ni Allāh kasabay ng pagsasaalang-alang sa karapatan ng mga anak niya.

Nagpapahalaga ang Islām sa mga aspetong espirituwal, hindi ng iba pa sa mga ito.

Nagpapahalaga ang Islām sa mga aspetong espirituwal at pisikal nang sabayan.

PANUTO 3: Kumpletuhin ang sumusunod na ḥadīth.

Nasaad sa ḥadīth: {Tunay na sa iyo ay may karapatan, sa iyo ay may karapatan, at sa iyo ay may karapatan. Kaya magbigay ka sa bawat ng karapatan nito.}

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Bumanggit ka ng tatlong pagpapanuto ng ḥadīth.

Magpaliwanag ka sa tatlong linya ng pamamaraan ng pagsasakatotohanan ng balanse sa buhay ng Muslim.

Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakarán

Ang Unang Aralin: Ang mga Patakarán ng Wuḍū'

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga tungkulin sa wuḍū' at mga sunnah dito;

makapagpaliwanag ka ng mga tagasira ng wuḍū';

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng ṭahārah;

makaganap ka sa pagsagawa ng wuḍū' sa isang tumpak na paraan.

Ang ṣalāh ay ang poste ng Relihiyong Islām at ang pinakamahalaga sa mga haligi ng Islām matapos ng Dalawang Pagsaksi. Isinasakundisyon para rito ang pagkakasagawa ng ṭahārah. Dahil doon, magsisimula tayo sa pag-aaral nito bago ng fiqh ng ṣalāh.

A. Ang mga Tungkulin sa Wuḍū'

Ang mga tungkulin sa wuḍū' ay anim. Hindi ito matutumpak malibang mayroon ng mga ito. Ang mga ito ay:

Ang paghuhugas ng buong mukha;

at kabilang rito ang maḍmaḍah (pagmumumog) at ang istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig), kaya ang sinumang nag-iwan ng dalawang ito, hindi natumpak ang wuḍū' niya.

Ang paghuhugas ng mga kamay kasama ng mga siko.

Ang pagpahid sa ulo sa kabuuan nito sa pamamagitan ng pagpaparaan ng kamay na binasa ng tao sa ulo niya at kabilang dito ang mga tainga;

Ang paghuhugas ng mga paa kasama ng mga bukungbukong.

Ang pagkakasunud-sunod ng paghuhugas ng mga bahaging hinuhugasan sa pamamagitan ng paghuhugas sa mukha, pagkatapos ay mga kamay hanggang sa mga siko, pagkatapos ay magpapahid sa ulo, pagkatapos ay maghuhugas ng mga paa.

Ang pagkatuluy-tuloy ng paghuhugas yayamang hindi maghihiwalay ang isang matagal na patlang sa pagitan ng paghuhugas ng isang bahagi at ng paghuhugas ng bahagi bago nito.

Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلَاةِ فَاغْسِلُوا وُجُوهَكُمْ
وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوا بِرُءُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى
الْكَعْبَيْنِ)

{0 mga sumampalataya, kapag tumayo kayo patungo sa pagdarasal ay maghugas kayo ng mga mukha ninyo, mga kamay ninyo hanggang sa mga

siko – magpahid kayo sa mga ulo ninyo – at mga paa ninyo hanggang sa mga bukungbukong.}

(Qur'ān 5:6)

Panoorin ang mga tungkulin sa wuḍū' mula rito:

B. Ang mga Sunnah ng Wuḍū'

Ang mga sunnah ng wuḍū' ay ang mga gawain na itinuturing na kaibig-ibig para sa Muslim ang magsagawa ng mga ito sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū' at ginagantimpalaan siya sa mga ito. Kung sakali mang iniwan niya ang mga ito, ang wuḍū' niya ay tumpak pa rin.

Ang mga sunnah ng wuḍū' ay marami, na kabilang sa mga ito:

Ang paghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit sa pagsisimula ng wuḍū'.

Ang pagsisimula sa maḍmaḍah (pagmumumog) at istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig) bago ng paghuhugas ng mukha at ang pagpapasidhi sa dalawang ito para sa hindi nag-aayuno.

Ang paggamit ng siwāk. Nagsabi ang Sugo ni Allāh: **"Kung hindi dahil magpahirap ako sa Kalipunan ko, talagang nag-utos sana ako sa**

kanila ng paggamit ng siwāk kasama ng bawat wuḍū'." (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 7406.)

Ang paghuhugas ng mga bahagi ng katawan para sa wuḍū' nang tatlong ulit, maliban sa ulo sapagkat pinapahiran ito nang iisang ulit.

Ang pagkakanan. Ito ay ang pagsisimula sa kanan bago ng kaliwa sapagkat nasaad sa ḥadīth: **{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagagalak sa pagkakanan sa pagsasandalyas niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa pumapatungkol sa kanya sa kabuuan nito.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 168 at Imām Muslim: 268.)

C. Ang mga Tagasira ng Wuḍū'

Ang mga tagasira ng wuḍū' ay ang lahat ng nagpapawalang-saysay sa wuḍū'. Ang mga ito ay:

Ang anumang lumabas mula sa dalawang labasan (sa harapan at likuran), tulad ng punlay, madhy, ihi, dumi, at utot. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"hindi siya lilisan hanggang sa makarinig siya ng isang tunog o makatagpo siya ng isang amoy."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 137 at Imām Muslim: 361.)

Ang pagsaling sa ari nang walang harang gaya ng tela o tulad nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang**

sinumang sumaling ng ari niya ay magsagawa ng wuḍū'." (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 181 at Imām At-Tirmidhīy: 82.)

Ang paglaho ng isip dahil sa pagkatulog o pagkawala ng malay o pagkabaliw ngunit hindi ito nasisira sa bahagyang pagkaidlip.

Ang pagkain ng karne ng kamelyo sapagkat nasaad sa ḥadīth: **{Tinanong ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magsasagawa po ba ako ng wuḍū' dahil sa mga karne ng tupa?" Nagsabi siya: "Kung loloobin mo ay magsagawa ka ng wuḍū' at kung loloobin mo ay huwag kang magsagawa ng wuḍū'." Nagsabi ito: "Magsasagawa po ba ako ng wuḍū' dahil sa mga karne ng kamelyo?" Nagsabi siya: "Oo." Kaya nagsagawa ito ng wuḍū' dahil sa mga karne ng kamelyo.}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 360.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at hahango ako.

{Nagpakuha si `Uthmān ng tubig ng wuḍū'. Kaya nagbuhos siya sa mga kamay niya mula sa lalagyan niya, saka naghugas siya ng mga ito nang tatlong ulit. Pagkatapos nagpasok siya ng kanang kamay niya sa tubig ng wuḍū'. Pagkatapos nagmumog siya, suminghot [ng tubig], at suminga. Pagkatapos naghugas siya ng mukha niya nang

tatlong ulit at ng mga kamay niya hanggang sa siko nang tatlong ulit. Pagkatapos nagpahid siya sa ulo niya. Pagkatapos naghugas siya ng bawat paa niya nang tatlong ulit .Pagkatapos nagsabi siya: "Nakakita ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasagawa ng wuḍū' tulad ng wuḍū kong ito." Nagsabi pa siya: **"Ang sinumang nagsasagawa ng wuḍū' tulad ng wuḍū kong ito, pagkatapos nagdasal siya ng dalawang rak`ah, na hindi siya kumakausap sa sarili niya sa pagsasagawa ng dalawang ito, magpapatawad si Allāh sa kanya ng nauna mula sa pagkakasala niya."**} (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 164 at Imām Muslim: 226.)

Ayon sa liwanag ng ḥadīth na ito:

Hanguin mo ang mga tungkulin sa wuḍū' at mga sunnah nitong nasasaad sa ḥadīth:

Ang mga tungkulin ay: ang paghuhugas ng mukha - ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa mga siko - ang pagpahid sa ulo - ang paghuhugas ng mga paa.

Ang mga sunnah: ang paghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit - ang pagsinga - ang paghuhugas ng mga hinuhugasang bahagi nang tatlong ulit.

Nagpatunay ang ḥadīth na ito sa isang kainaman mula sa mga kainaman ng wuḍū'. Kaya ano ito?

Aktibidad 2: Maglilinaw ako at maglalarawan ako.

Magsagawa ka ng pagtuturo sa bahay mo ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū' na kumpleto sa pamamagitan ng napag-aralan mo kasama ng pagpapatulong sa video clip na ito:

Aktibidad 3: Kikilala ako ng kaibahan at tutugon ako

Kilalahin ang kaibahan sa pagitan ng tama at mali sa mga sumusunod na senaryo, kasama ng paglilinaw sa kadahilanan:

Isang lalaki na nagkakasya sa pagpapahid sa isang bahagi ng ulo niya sa pagsasagawa ng wuḍū' niya.

Naghugas ang isang binata ng mukha niya, pagkatapos nagpahid siya ng ulo niya, pagkatapos naghugas siya ng mga kamay niya hanggang sa mga siko, pagkatapos ng mga paa.

Ang dalaga ay nagsasagawa ng wuḍū' saka nagring ang telepono kaya nakipag-usap siya nang 20 minuto, pagkatapos kinumpleto niya ang wuḍū'.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang paghuhugas ng mga paa hanggang sa bukungbukong ay kabilang sa mga tungkulin sa wudū'.

Ang maḍmaḍah (pagmumumog) at istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig) ay kabilang sa mga sunnah ng wudū'.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagkatuluy-tuloy sa pagsasagawa ng wudū' ay kabilang sa:

(mga tungkulin - mga itinuturing na kaibig-ibig - mga sunnah).

Ang pagkasunud-sunod sa pagitan ng kanang kamay at kaliwang kamay sa wudū' ay:

(tungkulin - sunnah - pinapayagan).

Kabilang sa mga tagasira ng wudū':

(ang bahagyang pagkaidilip - ang paglabas ng ihi - ang dami ng pagtawa).

PANUTO 3: Magsulat ka ng tatlo sa mga tagasira ng wudū'.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh;

makahango ka ng patunay sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng `awrah ng lalaki at ng `awrah ng babae sa ṣalāh;

makapagsadamdamin ka ng kadakilaan ng pagkatungkulin ng ṣalāh;

makasunod ka sa mga kundisyon ng ṣalāh.

Pagpapaumpisa

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo na ako ay nagdarasal."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 631.)

Ito ay nag-aanyaya sa atin tungo sa pagkatuto ng mga patakaran ng ṣalāh nang sa gayon tumulad tayo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagtupad sa mga kundisyon nito, pagsasagawa sa mga haligi nito at mga sunnah

nito, at pag-iwas sa mga tagapagpawalang-saysay nito. Matututuhan natin sa araling ito ang mga kundisyon ng ṣalāh.

Ang mga Kundisyon ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang pagkaanib sa Islām sapagkat hindi natutumpak ang ṣalāh mula sa isang tagatangging sumampalataya dahil sa kawalang-kabuluhan ng gawain niya.

Ang pagkakaroon ng isip sapagkat hindi natutumpak ang ṣalāh mula sa baliw.

Ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa malaking ḥadath at maliit na ḥadath.

Ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa malaking ḥadath gaya ng pagkajunub, pagrereгла, at nifās at ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ghusl.

Ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa maliit na ḥadath gaya ng pag-ihi, pagdumi, at pag-utot, at ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng wuḍū'.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi tinatanggap ang isang ṣalāh nang walang pagpapakadalisay."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 224.)

Ang ṭahārah ng katawan at mga kasuutan at ang ṭahārah ng lugar ng ṣalāh sapagkat hindi natutumpak ang ṣalāh kasabay ng pagkakaroon ng

karumihan sa katawan ng tagapagsagawa ng ṣalāh o sa damit niya o sa lugar ng pagsasagawaan niya ng ṣalāh. Nagsabi si Allāh:

(وَتِيَابَكَ فَطَهِّرْ)

{Sa mga damit mo ay magdalisay ka.} (Qur'ān 74:4)

Ang pagpasok ng oras ng ṣalāh sapagkat hindi natutumpak ang ṣalāh bago ng oras nito at hindi pinapayagan ang pagpapahuli rito matapos ng oras nito. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْقُوتًا)

{Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang atas na tinakdaan ng panahon.} (Qur'ān 4:103) Ibig sabihin: sa tinakdaang oras ng panahon.

Ang pagtatakip ng `awrah at ito sa ganang lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at sa ganang babae ay ang buong katawan maliban sa mukha at mga kamay.

Ang pagharap sa qiblah sapagkat hindi natutumpak ang ṣalāh nang wala niyon kasabay ng kakāyahang makaharap. Nagsabi si Allāh:

(قَوْلٍ وَجْهَكَ شَطْرَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ وَحَيْثُ مَا كُنْتُمْ فَوَلُّوا
وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُ)

{Kaya magbaling ka ng mukha mo sa dako ng Masjid na Pinakababanal. Saan man kayo ay magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa dako niyon.} (Qur'ān 2:144)

Ang layunin. Ito ay isang kundisyon sa lahat ng mga pagsamba. Ang kinalalagyan nito ay ang puso, sa pamamagitan ng pagpapakay ng tagapagsagawa ng ṣalāh sa puso niya na masagwa ng ṣalāh na ninanais niya, tulad ng fajr at ḍuhr. Hindi siya bibigkas nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tanging ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Tanging ukol sa bawat tao ang nilayon niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 1 at Imām Muslim: 1907.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at hahatol ako.

Linawin mo ang saklaw ng katumpakan ng mga sumusunod na gawain, pagkatapos takdaan mo ang kundisyon na pumapatungkol sa bawat gawain mula sa mga ito alinsunod sa natutuhan mo mula sa mga kundisyon ng pagsasagawa ng ṣalāh.

Ang Gawain Tama Mali Ang Kundisyon

Nagdasal siya bago manawagan ng adhān ang mu'adhdhin para sa ṣalāh. Ang Pagpasok ng Oras

Humarap siya sa qiblah at naglayon na magsagawa ng ṣalāh na ḍuhr. Ang Pagharap sa Qiblah at ang Layunin

Tumugon siya sa tawag ng kalikasan, pagkatapos nagsagawa siya ng ṣalāh nang walang wuḍū'. Ang Ṭahārah mula sa Ḥadath

Luminga siya salungat sa qiblah sa sandali ng pagkakayukod. Ang Pagharap sa Qiblah

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at magmumungkahi ako.

Makikipagtalakayan sa kaibigan mo hinggil sa mga sumusunod na nangyayari, kasama ng paglilina sa kahatulan sa mga ito at pagmumungkahi ng paglulunas na naaangkop para sa mga ito.

Ang pagsasagawa ng ṣalāh ng ilan sa mga kabataan habang nakasuot ng mga damit na manipis na naglalantad ng `awrah.

Ang kasagwaan ng kaasalan ng ilan sa mga tagapagsagawa ng ṣalāh sa pakikitungo nila sa mga ibang tao.

Aktibidad 3: Magbabasa ako at mag-uugnay ako.

Nagsabi si Allāh:

(حُفِظُوا عَلَى الصَّلَوَاتِ وَالصَّلَاةِ الْوُسْطَىٰ وَقُومُوا لِلَّهِ قَانِتِينَ)

{Mangalaga kayo sa mga dasal at [lalo na] sa dasal na pinakagitna. Tumayo kayo kay Allāh bilang mga masunurin.} (Qur'ān 2:238)

Matapos basahin ang marangal na āyah, mag-uugnay ka sa pagitan nito at ng kundisyon ng pagpasok ng oras.

Aktibidad 4: Magsusulat ako ng kahatulan.

Magsulat ka ng kahatulan sa sinumang nagsabi sa mataas na tinig: "Nawaytu an uṣalliya farḍa – ḍḍuhr arba`a raka`ātin adā'an lillāhi ta`ālā. (Naglayon ako na magdasal ng tungkulin na dasal na ḍuhr na apat na rak`ah bilang pagsasagawa para kay Allāh – napakataas Siya.)"

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang du`ā' alistiftāḥ (panalangin ng pagpapasimula ng ṣalāh) ay kabilang sa mga kundisyon ng ṣalāh. (X)

Ang `awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod. (✓)

Natutumpak ang ṣalāh na hindi nakaharap sa qiblah sa sandali ng kawalang-kakāyahan. (✓)

Natutumpak ang pagsasagawa ng ṣalāh ng hindi Muslim. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga kundisyon ng pagsasagawa ng ṣalāh:

(ang pagkakaroon ng isip - ang kapanatagan - ang pagkakasunud-sunod).

Ang pagtatakip ng `awrah sa pagsasagawa ng ṣalāh ay kabilang sa:

(mga kundisyon - mga haligi - mga sunnah).

Ang sabi ni Allāh na: {Sa mga damit mo ay magdalisay ka.} ay nagpapahiwatig na kabilang sa

mga kundisyon ng pagsasagawa ng ṣalāh ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa:

(maliit na ḥadath - malaking ḥadath - karumihan).

Ang pagsasagawa ng ṣalāh kasabay ng pagkakaroon ng karumihan sa pinagdarasalan ng tagapagsagawa ng ṣalāh ay:

(tumpak - hindi tumpak - kinasusuklaman).

Ang ṣalāh na tungkulin para sa manlalakbay na nakaharap sa hindi qiblah ay:

(pinapayagan - kinasusuklaman - hindi tumpak).

Panuto 3: Magsulat ka ng ipinahihiwatig ng dalawang sumusunod na teksto:

(إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْفُورًا). «لَا تُقْبَلُ صَلَاةٌ بِغَيْرِ طُهُورٍ».

{Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang atas na tinakdaan ng panahon.} (Qur'ān 4:103)

"Hindi tinatanggap ang isang ṣalāh nang walang pagpapakadalisa."

PANUTO 4: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng `awrah ng lalaki at `awrah ng babae sa ṣalāh?

Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Haligi ng Ṣalāh at ang mga Kinakailangan sa mga Ito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga haligi ng ṣalāh;

makahango ka ng patunay sa mga kinakakailangan sa ṣalāh;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng mga haligi ng mga kinakailangan;

makapagsadamdamin ka ng kadakilaan ng pagkatungkulin ng ṣalāh;

makapagdasal ka nang may kataimtiman at kapanatagan.

Pagpapaumpisa

Nahahati ang mga gawaing isinasabatas sa ṣalāh sa mga haligi, mga kinakailangan, at mga sunnah.

Ang mga haligi ay hindi natutumpak ang ṣalāh nang wala ang mga ito. Hindi naaalis ang mga ito

dala ng pananadya ni dala ng pagkalingat. Ang mga ito ay 14 haligi.

Ang mga kinakailangan ay walang pag-iwas sa pagsasagawa sa mga ito. Ang sinumang nag-iwan ng isa sa mga ito nang nananadya ay mawawalang-saysay ang ṣalāh niya. Ang sinumang nag-iwan nito dala ng pagkalingat, tunay na siya magpapatirapa para sa pagkalingat (sujūd sahw). Ang bilang ng mga ito ay walong kinakailangan.

Hinggil naman sa mga sunnah, itinuturing na kaibig-ibig ang pagsasagawa sa mga ito. Kung sakaling iniwan, tumpak pa rin ang ṣalāh. Ito ay marami.

A. Ang mga Haligi ng Ṣalāh

Ang Pagtayo sa Ṣalāh na Tungkulin Kasabay ng kakāyahan

Kung hindi nakakaya sa pagtayo dahil sa karamdaman, tunay na siya ay magdarasal alinsunod sa kalagayan niya nang nakaupo o nakahiga sa tagiliran.

Ang Takbīrah Al-Ihrām (Takbīr ng Pagpapasimula). Ito ay ang magsabi ang tagapagsagawa ng ṣalāh ng: "Allāhu akbar. (si Allāh ay pinakadakila.)"

Ang Pagbigkas ng Al-Fātiḥah

Ang Pagyukod sa Bawat Rak`ah. Magbaba ng likod ang tagapagsagawa ng ṣalāh at maglalagay ng mga kamay niya sa mga tuhod niya.

Ang Pagtuwid Mula sa Pagkakayukod

Ang Pagpapatirapa. Ito ay ang pagdiit ng pitong bahagi ng katawan: ang noo kasama ng ilong, ang mga palad, ang mga tuhod, at ang mga daliri ng mga paa.

Ang Pagtuwid Mula sa Pagkakapatirapa

Ang Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa

Ang Pag-upo Para sa Huling Tashahhud

Ang Pagbigkas ng Huling Tashahhud

Ang Pagbasbas (Salawat) sa Propeta sa Huling Tashahhud

Ang Pagkakasunud-sunod sa Pagitan ng mga Haligi

Ang Taslīm. Ang pinakamainam ay na magsabi ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llah. (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh.)"

Ang Kapanatagan sa Lahat ng mga Haligi

Panoorin mo ang mga haligi ng ṣalāh mula rito:

B. Ang mga Kinakailangan sa Ṣalāh

Ang lahat ng mga takbīr, maliban sa Takbīrah Al-Ihrām (Takbīr ng Pagpapasimula), tulad ng takbīr pagyukod at takbīr ng pagpapatirapa.

Ang pagsabi ng: "Subhāna rabbiya -l'aḍīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)."

Ang pagsabi ng: "Subhāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)."

Ang pagsabi ng imām at munfarid ng: "Samī`a -llāhu liman ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)" sa sandali ng pag-angat mula sa pagkakayukod.

Ang pagsabi ng: "Rabbanā wa-laka -lḥamd (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri)" sa sandali ng pagtuwid mula sa pagkakayukod.

Ang pagsabi ng: "Rabbi -ghfir lī, rabbi -ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)" sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.

Ang Unang Tashahhud at ang Pag-upo Para Rito. Magsasabi ang tagapagsagawa ng ṣalāh: **"Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabiyyu wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Ang mga**

pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal, at ang mga gawan kaaya-aya. Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya. Ang pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)"

Panoorin ang mga kinakailangan sa ṣalāh mula rito:

<https://www.youtube.com/watch?v=DcLXOhquuOQ>



Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako at magpapahayag ako.

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pumasok sa masjid saka may pumasok na isang lalaki saka nagdasal ito. Pagkatapos pumunta ito at bumati sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka tumugon naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbati at nagsabi: "Bumalik ka at magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal." Kaya bumalik ang lalaki saka nagdasal ito kung paanong nagdasal ito dati. Pagkatapos pumunta ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumati sa kanya saka nagsabi naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "At sumaiyo ang kapayapaan." Pagkatapos nagsabi siya: "Bumalik ka at magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal." Hanggang sa ginawa iyon nang tatlong ulit saka nagsabi ang lalaki: "Sumpa man sa nagpadala sa iyo kalakip ng katotohanan, hindi ako nakagagawa ng mahusay bukod pa rito. Magturo ka po sa akin." Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag tumindig ka para sa pagdarasal, magsagawa ka ng takbīr. Pagkatapos bumigkas ka ng naging madali sa iyo mula sa Qur'ān. Pagkatapos yumukod ka hanggang sa mapanatag ka habang nakayukod. Pagkatapos

umangat ka hanggang sa tumuwid ka habang nakatindig. Pagkatapos magpatirapa ka hanggang sa mapanatag ka habang nakapatirapa. Pagkatapos umangat ka hanggang sa mapanatag ka habang nakaupo. Pagkatapos gawin mo iyan sa pagdarasal mo sa kabuuan nito."} (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 757 at Imām Muslim: 397.)

Hanguin mo ang mga haligi ng ṣalāh na nasasaad sa ḥadīth.

Ang Takbīratul Iḥrām (Takbīr ng Pagpapasimula) - ang pag-angat mula sa pagkakayukod - ang pagpapatirapa - ang pagtuwid mula sa pagkakapatirapa - ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa - ang kapanatagan.

Magsulat ka ng isang pananalita para sa sinumang nagmamabilis sa pagsasagawa ng ṣalāh, habang humahango ng pansaksi sa pamamagitan ng ḥadīth na ito.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at magsasagawa ako ng pagtatasa.

Magsasagawa ang isa sa mga miyembro ng pamilya ng paglalarawan sa ṣalāh ng unang rak`ah at magsasagawa naman ang nalalabi sa mga miyembro ng pamilya ng pagtatasa (assessment) rito at paglilinaw sa anumang narito na pagkukulang.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pagbigkas ng Al-Fātiḥah ay kabilang sa mga kundisyon ng ṣalāh. (X).

Ang pagkaupo sa pagitan ng dalawang pagkapatirapa ay kabilang sa mga haligi ng ṣalāh. (✓)

Ang kapanatagan ay kabilang sa mga haligi ng ṣalāh. (✓)

Ang takbīr para sa pagyukod ay kabilang sa mga haligi ng ṣalāh. (X)

Kinakailangan sa Muslim ang magluwalhati (pagsambit ng tasbīḥ) sa sandali ng pagkapatirapa. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang Unang Tashahhud ay kabilang sa:

(mga kundisyon ng ṣalāh - mga haligi ng ṣalāh - mga kinakailangan sa ṣalāh).

Ang taslīm sa ṣalāh ay kabilang sa:

(mga kundisyon - mga haligi - mga kinakailangan).

Nag-utos ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng pagpapatirapa sa:

(limang bahagi ng katawan - anim na bahagi ng katawan - pitong bahagi ng katawan).

PANUTO 3: Kumpletuhin mo ang mga sumusunod na puwang sa pamamagitan ng pananalitang nababagay.

Ang Takbīrah Al-Ihrām (Takbīr ng Pagpapasimula) ay kabilang sa ng ṣalāh.

Ang tasmī` ay ang pagsabi ng:
.....

Ang ikalawang pagpapatirapa ay kabilang sa ng ṣalāh.

PANUTO 4: Maghambing ka sa pagitan ng hatol sa pagkawaksi ng isa sa mga kinakailangan sa ṣalāh nang sadyaan at pagkawaksi nito dala ng pagkalingat.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng mga sunnah na pangsinasabi at pangginagawa para sa ṣalāh;

magsigasig ka sa pagpapatupad ng mga sunnah ng ṣalāh;

makatulad ka sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa ṣalāh mo;

makapag-isa-isa ka sa mga tagapagpawalang-saysay ng ṣalāh;

makaiwas ka sa mga tagapagpawalang-saysay ng ṣalāh.

A. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh

Ang mga ito ay ang mga ginagawa at ang mga sinasabing nakadaragdag sa gantimpala ng tagapagsagawa ng ṣalāh. Kapag hindi siya nagsagawa ng mga ito ay wala namang kasalanan sa kanya.

Nahahati ang mga ito sa mga sunnah na pangsinasabi at mga sunnah na pangginagawa.

A. Ang mga Sunnah na Pangginagawa. Kabilang sa mga ito:

Ang Panalangin ng Pagbubukas (Istiftāḥ). Ito ay matapos ng Takbīrah Al-Iḥrām (Takbīr ng Pagpapasimula). Magsasabi ang tagapagsagawa ng ṣalāh: **"Subḥānaka -llāhumma wa-biḥamdika wa-tabāraka -smuka wa-ta'ālā**

jadduka wa-lā ilāha ghayruk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang Diyos na iba pa sa Iyo.)" (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 399.)

Ang pagdalangin ng pagpapakupkop sa pamamagitan ng pagsabi ng: "A`ūdhu bi-llāhi mina -shshaytāni -rrajīm. (Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa isinumpang Demonyo.)"

Ang pagbigkas ng isang surah o mga āyah matapos ng Al-Fātiḥah.

Ang pag-amen at ito ay ang pagsabi ng āmīn matapos ng pagbigkas ng Al-Fātiḥah.

Ang unang lumabis sa iisang ulit na pagluluwalhati (pagsambit ng tasbīḥ) sa sandali ng pagkayukod at pagkapatirapa.

Ang panalangin matapos ng pagbigkas ng Huling Tashahhud

B. Ang mga Sunnah na Pangginagawa. Kabilang sa mga ito:

Ang pag-angat ng mga kamay kasabay ng Takbīrah Al-Iḥrām (Takbīr ng Pagpapasimula), sa sandali ng pagyukod at pag-angat mula rito, at sa sandali ng pagtayo mula sa Unang Tashahhud.

Ang pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang kamay habang nasa pagtayo.

Ang paglagay ng mga kamay sa mga tuhod habang nasa pagkakayukod.

Ang paglagay ng kanang kamay sa kanang hita at ng kaliwang kamay sa kaliwang hita sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.

Ang pagtingin sa puwesto ng pagpapatirapaan ng noo.

Panoorin ang mga sunnah ng ṣalāh mula rito:

A. Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Ṣalāh

Kabilang sa mga tagapagpawalang-saysay sa ṣalāh:

Ang pagkawaksi sa isa sa mga haligi nito nang sadyaan, gaya ng pagyukod o pagpapatirapa. Kung pagkawaksi niya ay dala ng pagkalingat at nakaalaala siya nito bago ng pagsisimula niya ng isa pang rak`ah, magsasagawa siya nito at tutumpak ang ṣalāh niya. Kung nakaalaala siya nito matapos ng pagsisimula niya ng isa pang rak`ah, mawawalang-saysay ang rak`ah na ito, papalit ang rak`ah na matapos nito sa nawalang-saysay na rak`ah, at magpapatirapa siya para sa pagkalingat.

Ang pagkawaksi sa isang haligi mula sa mga haligi ng ṣalāh nang sadyaan, gaya ng tasbīh, tasmī', at taḥmīd.

Ang pagkawaksi sa isa sa mga kundisyon ng ṣalāh nang sadyaan, tulad ng isang nagsasagawa ng ṣalāh nang walang wuḍū'.

Ang pagkadagdag ng isang haliging panggawain nang sadyaan habang nasa ṣalāh, gaya ng pagyukod at pagpapatirapa. Kung ito ay isang pagkalingat, hindi mawawalang-saysay ang ṣalāh.

Ang pagkain at ang pag-inom nang sadyaan, maging ito man ay kaunti o marami.

Ang pagsasalita ng sadyaan nang walang kinalaman sa ṣalāh.

Ang paghalakhak nang sadya. Ito ay ang pagtawa sa isang malakas na tinig, na naririnig ng mga nasa paligid niya.

Ang maraming ginagawa na hindi kabilang sa uri ng mga gawain sa ṣalāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Hahatol ako at kikilala ako ng kaibahan.

Kilalanin ang kaibahan sa pagitan ng nagpapawalang-saysay sa ṣalāh at ng hindi nagpapawalang-saysay rito sa sumusunod:

Ang Gawain Hindi Nagpapawalang-saysay sa Ṣalāh
Ṣalāh Nagpapawalang-saysay sa Ṣalāh

Nakalimot ang imām ng isang āyah saka pinaalalahan siya ng ma'mūm.

Nalingat siya sa ṣalāh niya sapagkat bumigkas siya ng Al-Fātiḥah nang dalawang ulit.

Uminom siya nang sadyaan sa sandali ng pagsasagawa ng ṣalāh.

Tumawa siya sa ṣalāh niya sa isang malakas na tinig.

Aktibidad 2: Hahango ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi nagpapasapat ang isang ṣalāh na hindi nagtutuwid dito ang lalaki ng likod niya sa pagkakayukod at pagkakapatirapa."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 855 at Imām At-Tirmidhī: 265.)

Hanguin mo mula sa ḥadīth ang nagpapawalang-saysay sa ṣalāh.

Aktibidad 3: Makikipagtulungan ako at mag-uuri ako.

Makikipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pag-uuri ng bawat gawain mula sa sumusunod alinsunod sa talahanayan.

Ang Gawain Kundisyon Haligi Sunnah
Kinakailangan

Kadalisan ng mga Kasuutan

Ang Pagsabi ng: "Rabbanā wa-laka -lḥamd"

Ang Pagbigkas ng Al-Fātiḥah

Ang Pagbigkas ng Aamin

Ang pagsabi ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā
(Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang
Pinakamataas)."

Ang pagtingin sa puwesto ng pagpapatirapaan
ng noo..

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Takdaan mo kung nawawalang-
saysay ang ṣalāh sa mga sumusunod na kalagayan
o hindi:

Umiyak ang isang tao dahil sa takot kay Allāh
habang siya ay nagsasagawa ng ṣalāh. (Oo - Hindi)

Tinawag siya ng ina niya kaya itinaas niya ang
tinig niya sa pagsambit ng takbīr upang malaman
nito na siya ay nagsasagawa ng ṣalāh. (Oo - Hindi)

Humalakhak siya sa sandali ng pagbigkas ng
Huling Tashahhud. (Oo - Hindi)

Ang pagwaksi sa Istiftāḥ (Panalangin ng
Pagbubukas). (Oo - Hindi)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Magpapawalang-saysay siya sa ṣalāh na magdagdag siya nang sadyaan ng:

(rak`ah - pagluwalhati - ikalawang surah matapos ng Al-Fātiḥah).

Kabilang sa mga sunnah na pangginagawa para sa ṣalāh:

(ang pag-amen - ang pag-angat ng mga kamay - ang pagluwalhati).

Kapag naiwaksi ng Muslim ang Unang Tashahhud dala ng pagkalingat, tunay na ang ṣalāh ay:

(walang-saysay - tumpak - kinakailangang ulitin).

PANUTO 3: Ano ang kahatulan sa pagkawaksi ng pagpapatirapa dala ng pagkalingat?

Ang Ikaliwang Aralin: Ang Ṣalāh sa Jamā`ah (Kongregasyon)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa mga patakaran sa ṣalāh sa jamā`ah;

makahango ka ng patunay sa kalamangan ng
ṣalāh sa jamā`ah;

makapagsadamdamin ka ng bigat ng
gantimpala sa ṣalāh sa jamā`ah;

makapangalaga ka sa ṣalāh sa jamā`ah.

Pagpapaumpisa

Nagsabi si Allāh:

(فِي بُيُوتٍ أُذِنَ لِلَّهِ أَنْ تُرْفَعَ وَيُذْكَرَ فِيهَا أَسْمُهُ)

{Sa mga bahay na nagpahintulot si Allāh na
iangat at banggitin sa mga ito ang pangalan Niya,}

(Qur'ān 24:36)

Ano ang ibig sabihin ng {mga bahay} sa āyah?

A. Ang mga Patakaran sa Ṣalāh sa Jamā`ah

Ang ṣalāh sa jamā`ah (kongregasyon) ay
kinakailangan sa lalaking nakapag-uunawang
adulto. Nagsabi si Allāh:

(وَإِذَا كُنْتَ فِيهِمْ فَأَقَمْتَ لَهُمُ الصَّلَاةَ فَلَتَقُمْ طَائِفَةٌ مِّنْهُمْ مَّعَكَ)

{Kapag ikaw ay nasa kanila saka namuno ka
sa kanila sa pagdarasal, tumayo ang isang

pangkatin kabilang sa kanila kasama sa iyo}
(Qur'ān 4:102)

Ang pinakakaunting bilang na naidaraos sa pamamagitan nito ang ṣalāh sa jamā`ah ay dalawang tao: imām (pinuno) at ma`mūm (pinamumunuan). Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **{Ang dalawa saka anumang higit sa dalawa ay kongregasyon.}** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 972.)

B. Ang mga Kainaman ng Ṣalāh sa Jamā`ah

Ang Kalamangan ng Ṣalāh sa Jamā`ah

Higit na Lamang Kaysa sa Ṣalāh ng Individuwal

Ang Pagpasok sa Paraiso

Ang Kalamangan ng Ṣalāh na `Ishā' at Fajr sa Jamā`ah

Ang Pag-angat sa mga Antas at ang Pagtatakip-sala sa mga Sala

Ang ṣalāh sa jamā`ah ay higit na lamang kaysa sa ṣalāh ng individuwal.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ṣalāh sa jamā`ah ay nakalalamang sa ṣalāh ng nag-iisa ng dalawampu't pitong antas."** (Nagsalaysay nito

sina Imām Al-Bukhārī: 645 at Imām Muslim: 650.)

Kadahilanan ng Pagpasok sa Paraiso

Maghahanda si Allāh para sa sinumang nagsasagawa ng ṣalāh sa jamā`ah sa masjid ng pagpapanauhin at panustos sa Paraiso. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang pumunta sa umaga sa masjid at pumunta sa gabi, maghahanda si Allāh para sa kanya ng isang tuluyan mula sa Paraiso sa tuwing pumunta siya sa umaga o pumunta siya sa gabi."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 669.)

Ang Kalamangan ng Ṣalāh na `Ishā' at Fajr sa Jamā`ah

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **Ang sinumang nagsagawa ng ṣalāh na `ishā' sa isang konggregasyon, para bang nagdasal siya ng kalahati ng gabi; at ang sinumang nagsagawa ng ṣalāh na fajr sa isang konggregasyon, para bang nagdasal siya ng isang gabi sa kabuuan nito.** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 656.)

Ang Pag-angat sa mga Antas at ang Pagtatakip-sala sa mga Sala

Ang sinumang nagpahusay sa pagsasagawa ng wuḍū' sa bahay niya, pagkatapos lumabas siya

papunta sa masjid para sa ṣalāh sa konggregasyon, mag-aangat sa kanya si Allāh ng isang antas sa bawat hakbang at mag-aalis sa kanya ng isang sala. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): **{... Iyon ay dahil kapag nagsagawa siya ng wuḍū' saka nagpahusay sa pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos lumabas siya papunta sa masjid, na walang nagpapalabas sa kanya kundi ang ṣalāh, wala siyang hinahakbang na isang hakbang malibang iaangat para sa kanya dahil dito ang isang antas at ibababa para sa kanya dahil dito ang isang sala.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 647 at Imām Muslim: 649.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"May pitong maglililim sa kanila si Allāh sa lilim Niya sa Araw ng walang lilim kundi ang lilim niya ... lalaking ang puso niya ay nakakabit sa mga masjid."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 660 at Imām Muslim: 1031.)

Makipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pag-uugnay sa ḥadīth at paksa ng aralin.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

{Pumunta ang isang lalaking bulag sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) saka nagsabi siya: "O Sugo ni Allāh, tunay na wala akong isang tagaakay na aakay sa akin papunta sa masjid." Pagkatapos humiling ang lalaki sa Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) na magpermiso sa kanya para magsagawa siya ng ṣalāh sa bahay niya kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Naririnig mo ba ang panawagan sa ṣalāh?" Nagsabi siya: "Opo." Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Kaya tumugon ka."}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 653.)

Ano ang mahihinuha mula sa kasaysayang ito?

Sa pamamagitan ng kasaysayan, magbigay ka ng payo para sa mga tagapagwalang-bahala sa ṣalāh sa konggregasyon.

Aktibidad 3: Magmamasid ako at tutugon ako.

Sa harapan mo ay may ilang kadahilanan sa pagwaksi sa ṣalāh sa jamā`ah. Magmungkahi ka ng isang lunas na nababagay para sa bawat kadahilanan kabilang sa mga ito:

Ilan sa mga Kadahilanan ng Pag-iwan sa Ṣalāh sa Jamā`ah Ang Lunas na Iminumungkahi

Ang Katamaran

Ang Pagkaabala Dahil sa Trabaho

Ang Kawalan ng Pagkakaalam sa Kalamangan
Nito

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pinakakaunting bilang na naidaraos sa pamamagitan nito ang ṣalāh sa jamā`ah ay dalawang lalaki kasama ng imām.

"Ang ṣalāh sa jamā`ah ay higit na lamang sa ṣalāh ng individuwal ng dalawampu't pitong antas."

Kinakailangan ang ṣalāh sa jamā`ah sa babae.

Ang ṣalāh sa jamā`ah ay kabilang sa pinakadakila sa mga sagisag ng Islām.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Mula kanino hindi kinakailangan ang magsagawa ng ṣalāh sa jamā`ah?

(sa mangangalakal - sa binata - sa paslit).

Ang hatol ng pagsasagawa ng ṣalāh sa jamā`ah sa mga lalaki ay:

(wājibah (kinakailangan) - sunnah
mu'akkadah (binibigyang-diin) - mandūbah
(inirerekomenda)).

Ang sinumang nagsagawa ng ṣalāh na `ishā', magkakaroon siya ng pabuya ng pagdarasal ng:

(isang katlo ng gabi - kalahati ng gabi - isang gabi sa kabuuan nito).

PANUTO 3: Linawin mo ang ipinahihiwatig ng sumusunod na ḥadīth:

"Ang sinumang pumunta sa umaga sa masjid at pumunta sa gabi, maghahanda si Allāh para sa kanya ng isang tuluyan mula sa Paraiso sa tuwing pumunta siya sa umaga o pumunta siya sa gabi."

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa pinakamahalaga sa mga patakaran ng ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes);

makahango ka ng patunay sa kalamangan ng ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes);

makapagbigay-linaw ka sa pagkakalarawan sa ṣalāh sa Jumu`ah;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng ṣalāh sa Jumu`ah;

makapangalaga ka sa ṣalāh sa Jumu`ah.

Pagpapaumpisa

Ang araw ng Biyernes ay ang pinakamainam sa mga araw ng linggo. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Tunay na kabilang sa pinakamainam sa mga araw ninyo ang araw ng Biyernes."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1047 at Imām At-Tirmidhīy: 1374.)

Ang Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang Kainaman ng Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang Kahatulan sa Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang Pagkakalarawan sa Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang mga Etiketa ng Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang Kainaman ng Ṣalāh sa Jumu`ah

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpahusay sa pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos pumunta sa [ṣalāh sa] Biyernes saka nakinig at nanahimik, patatawarin para sa kanya ang [kasalanan na] nasa pagitan niya at ng Biyernes, at may karagdagan ng tatlong araw."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 857.)

Ang Kahatulan sa Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang ṣalāh sa araw ng Biyernes ay isang tungkulin sa bawat lalaking Muslim na bāligh (adulto) na `āqil (nakapag-uunawa) na residente na hindi maysakit. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِذَا نُودِيَ لِلصَّلَاةِ مِنْ يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَىٰ ذِكْرِ اللَّهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ)

{O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magmadali kayo sa pag-alaala kay Allāh at iwan ninyo ang pagtitinda.} (Qur'ān 62:9)

Ang Pagkakalarawan sa Ṣalāh sa Jumu`ah

Magtatalumpati ang imām bago ng ṣalāh ng dalawang khuṭbah (sermon), na naglalaman ng papuri kay Allāh, Dalawang Pagsaksi, panalangin ng basbas sa Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan), tagubilin ng taqwā (pangingilag magkasala) kay Allāh, at pagbigkas ng isang bahagi ng Marangal Qur'ān.

Isinasagawa sa ṣalāh sa Jumu`ah ang dalawang rak`ah sa isang konggregasyon nang malakas ang bigkas sa masjid.

Ibinibilang na sunnah na bumigkas ang imām sa unang rak`ah ng Sūrah Al-Jumu`ah at sa

ikalawang rak`ah ng Sūrah Al-Munāfiqūn, o bumigkas sa unang rak`ah ng Sūrah Al-A`lā at sa ikalawang rak`ah ng Sūrah Al-Ghāshiyah.

Panoorin ang mga patakaran ng ṣalāh sa Jumu`ah mula rito:

Ang mga Etiketa ng Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang pagpaligo, ang pagpapabango, ang pagsusuot ng pinakamaganda sa mga kasuutan, at ang pagpunta nang maaga sa ṣalāh.

Ang dalas ng pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Ang dalas ng pagdalangin sapagkat tunay na sa araw ng Biyernes ay may isang oras na tinutugon ni Allāh dito ang panalangin.

Kinakailangan ang pananahimik para sa khuṭbah at ang pagtigil sa paglilikut sa sandali nito. Nagsasabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpahusay sa pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos pumunta sa [ṣalāh sa] Biyernes saka nakinig at nanahimik, patatawarin para sa kanya ang [kasalanan na] nasa pagitan niya at ng Biyernes, at may karagdagan ng tatlong araw. Ang sinumang sumaling ng mga munting bato ay sumabad nga."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 857.)

Panoorin ang mga etiketa ng ṣalāh sa Biyernes mula rito:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasagawa ako ng pagtatasa sa gawain ko.

Ang araw ng Biyernes ay may maraming etiketa. Takdaan mo ang isinasagawa mo mula sa mga ito at ang antas ng pagtupad mo rito sa sumusunod na talahanayan:

Ang mga etiketa ng araw ng Biyernes. Nagtitiyaga ako rito. Nagsasagawa ako nito minsan. Magsasagawa ako nito.

Ang pagpaligo.

Ang pagsusuot ng pinakamaganda sa mga kasuutan.

Ang pagpunta nang maaga sa masjid.

Ang pagpapabango.

Ang dalas ng pagdalangin.

Ang dalas ng pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Aktibidad 2: Magsasaalaala ako at tutugon ako.

Magsulat ka ng paksa ng kahuli-hulihang khuṭbah na dinaluhan mo.

Kung sakaling itinakda para sa iyo na magbigay ng khuṭbah sa Jumu`ah, ano ang paksa na iibigin mo na italumpati mo?

Aktibidad 3: Maghuhulo ako at maglulunas ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **Talagang may titigil nga na mga tao sa pagpapabaya nila sa [mga ṣalāh sa] mga Biyernes o talagang magpipinid nga si Allāh sa mga puso nila, pagkatapos sila ay talagang magiging kabilang nga sa mga nalilingat."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 865.)

Linawin mo ang pagkapanganib ng pagwaksi sa ṣalāh sa Jumu`ah. Papaano maaari ang paglunas sa pagwawalang-bahala ng ilan sa mga kabataan sa pagganap nito?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Kinakailangan ang ṣalāh sa Jumu`ah sa manlalakbay.

Pinapayagan ang ṣalāh sa Jumu`ah sa mga bahay.

Kinakailangan ang pananahimik sa khuṭbah ng Jumu`ah.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ibinibilang na sunnah na bumigkas ang imām sa unang rak`ah ng ṣalāh sa Jumu`ah ng Sūrah:

(Al-Jumu`ah - Al-Ghāshiyah - Al-Munāfiqūn).

Ilan sa mga etiketa ng ṣalāh sa Jumu`ah:

(ang pagsasama ng mga paslit - ang pagpaligo at ang pagpapabango - ang pagdalo ng mga babae).

Nararapat sa Muslim ang magparami sa araw ng Biyernes ng:

(pag-aayuno - pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) - pangaral).

PANUTO 3: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Kinakailangan ang ṣalāh sa Jumu`ah sa lahat ng mga Muslim.

Ang ṣalāh sa Jumu`ah ay apat na rak`ah na binibigkas nang tahimik.

Itinuturing na kaibig-ibig ang magbigay ng khuṭbah matapos ng ṣalāh.

PANUTO 4: Humango ka ng patunay na ang ṣalāh sa Jumu`ah ay isang kadahilanan ng kapatawaran ng mga pagkakasala.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa ibig sabihin ng ṣalāh ng pagkukusang-loob;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng ṣalāh na tarāwīḥ at ḍuḥā;

makapag-isa-isa ka ng mga sunnah rātibah;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng mga uri ng mga ṣalāh ng pagkukusang-loob;

makapagsadamdamin ka sa kainaman ng ṣalāh ng pagkukusang-loob;

makapangalaga ka sa mga ṣalāh na mga nāfilah at mga sunnah rātibah.

Pagpapaumpisa

Ang ṣalāh ng pagkukusang-loob ay ang ṣalāh na isinasabatas na hindi ang limang ṣalāh na isinatungkulin. Ang mga ito ay may maraming uri, na kabilang sa mga ito:

Ang ṣalāh na witr ay:

Ito ay isang sunnah na binigyang-diin matapos ng ṣalāh na `ishā' at nagwawakas sa pagsapit ng madaling-araw.

Ang pinakakaunti nito ay iisang rak`ah at ang pinakamarami nito ay labing-isang rak`ah o labintatlong rak`ah.

Nagdarasal nito ang Muslim nang dalawang rak`ah, pagkatapos nagdarasal siya ng iisang rak`ah na ipinangwawakas niya bilang gansal na bilang.

Ang mga Sunnah Rātibah

Ang mga ito ay labindalawang rak`ah kasunod ng mga tungkuling ṣalāh. Ang mga ito ay sunnah na binigyang-diin.

Ayon kay Ibnu `Umar na nagsabi: **"Nakapagsaulo ako mula sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng sampung rak`ah [na dinadasal]: dalawang rak`ah bago ng ḍuhr at dalawang rak`ah matapos nito, dalawang rak`ah matapos ng maghrib sa bahay niya, dalawang rak`ah matapos ng `ishā sa bahay niya, at dalawang rak`ah matapos ng ṣalāh na fajr."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 1180.)

Ang Ṣalāh na Tarāwih

Ito ay isang sunnah na binigyang-diin sa buwan ng Ramaḍān. Ang pinakamainam ay na ganapin ito sa isang konggregasyon matapos ng `ishā at bago ng witr.

Ang bilang nito ay labing-isang rak`ah. Kung sakaling nagdagdag ay wala namang kaasiwaan. Magsasagawa ng taslīm dito sa bawat dalawang rak`ah at magpapahinga matapos ng bawat apat na saglit na pag-upo. Kabilang sa nagpapatunay sa kainaman nito ang sabi ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang nagtayo (ng Salah) sa Ramaḍān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad para sa kanya sa anumang nauna sa pagkakasala niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 37 at Imām Muslim: 759.)

Ang Ṣalāh na Duḥā

Ito ay isang sunnah. Ang pinakakaunting rak`ah nito ay dalawang rak`ah. Ang pinakamaraming rak`ah nito ay walong rak`ah. Ang oras nito ay matapos ng pagsikat ng araw at pagkaangat nito hanggang sa bago magtanghaling-tapat (oras ng adhān ng ḍuhr).

Kabilang sa kainaman nito ang sinabi ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): **"Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko ng tatlong bagay na hindi ko iiwan hanggang sa mamatay ako: pag-aayuno ng**

tatlong araw sa bawat buwan, dasal sa umaga, at pagtulog matapos ng witr." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1178 at Imām Muslim: 721.)

Ang Pagkukusang-loob na Walang-takda

Ang pinakamainam nito ay ang pagdarasal sa gabi dahil ito ay pinakamalapit sa pagpapakawagas.

Itinuturing na kaibig-ibig ang pagdarasal ng nāfilah na ṣalāh sa lahat ng mga oras maliban sa mga oras na sinasaway ang pagsasagawa ng ṣalāh. Ang mga ito ay:

mula sa matapos ng ṣalāh na fajr hanggang sa pag-angat ng araw;

mula sa pagtanghaling-tapat hanggang sa bago ng paglihis nito (kaunting sandali bago ng adhān ng ḍuhr);

mula sa matapos ng `aṣr hanggang sa lumubog ang araw.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghuhulo ako at magpapahayag ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allah (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang kauna-unahan sa gawaing tutuusin dahil dito ang tao ay ang pagdarasal niya. Kung siya ay naglubos nito,**

isusulat ito para sa kanya bilang lubos. Kung hindi nangyaring siya ay naglubos nito, magsasabi si Allāh: Tumingin kayo, nakatatagpo kaya kayo para sa lingkod Ko mula sa isang pagkukusang-loob para magkumpleto kayo sa pamamagitan nito ng tungkuling dasal niya?" (Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 16614 at Imām An-Nasā'īy: 466.)

Ayon sa liwanag ng ḥadīth na ito:

Huluhin mo ang kasanhian sa pagkaisinasabatas ng pagkukusang-loob.

Ang pagkumpleto ng kakulangan sa mga ṣalāh na tungkulin.

Lumilitaw ang awa ni Allāh sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng ḥadīth na ito. Magpaliwanag ka niyon.

Ang tao ay nahahantad sa pagkukulang sa mga ṣalāh na tungkulin. Kaya naman bahagi ng awa ni Allāh na Siya ay nagsabatas para tao ng ipinangkukumpleto sa pagkukulang na ito. Ito ay ang ṣalāh ng pagkukusang-loob.

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at tutugon ako.

Ang ṣalāh ay kabilang sa pinakamainam sa mga pagsamba na nagpapakalapit-loob ang tao sa Panginoon niya. Ito ay isang kadahilanan sa pag-ibig ng tao. Sa pamamagitan niyon, maghulog ka

ng mga negatibo ng pagwaksi ng ṣalāh ng pagkukusang-loob.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pinakakaunting rak`ah ng ṣalāh na witr ay tatlong rak`ah.

Ipinagbabawal ang pagdarasal ng nāfilah sa oras ng pagsikat ng araw.

Ang ṣalāh na ḍuḥā ay kinakailangan sa mga lalaki.

Ang pinakamainam sa pagkukusang-loob na walang-takda ay ang pagdarasal sa gabi.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang ṣalāh na witr ay:

(sunnah mu'akkadah (binigyang-diin) - mandūbah (inirerekomenda) - farḍ kifāyah (tungkulin na sapat na gampanan ng kahit isa at hindi ng lahat)).

Ang pinakamaraming rak`ah ng ṣalāh na ḍuḥā ay:

(apat na rak`ah - anim na rak`ah - walong rak`ah).

Ang bilang ng mga rak`ah ng ṣalāh na tarāwīḥ ay:

(walong rak`ah - limang rak`ah - labing-isang rak`ah).

PANUTO 3: Maghambing ka sa pagitan ng ṣalāh na ḍuḥā at ṣalāh na tarāwīḥ ayon sa hinihiling sa talahanayan:

Ang anyo ng paghahambing; Ang ṣalāh na ḍuḥā; Ang ṣalāh na tarāwīḥ;

Al-Ḥakam

Ang oras.

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Humango ka ng patunay sa kainaman ng ṣalāh na tarāwīḥ.

Mag-isa-isa ka ng mga sunnah rātibah at mga pinagsasagawaan ng mga ito.

Ang Ikawalong Aralin: Ang Zakāh

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa kahatulan sa zakāh sa Islām;

makapaghulo ka ng kasanhian ng pagkaisinasabatas ng zakāh;

makapag-isa-isa ka sa mga yaman na kinakailangan sa mga ito ang zakāh;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng mga gugulin ng zakāh;

makapagdakila ka sa kabuluhan ng zakāh sa Islām;

makaganap ka sa pagbibigay ng zakāh ng yaman mo.

Pagpapaumpisa

Inilarawan ni Allāh ang mga mananampalataya sa simula ng Sūrah Al-Muminūn sa pagkatamo ng tagumpay at binanggit Niya ang pagkakalarawan sa kanila. Isulat mo ang āyah na nagpapahiwatig ng katangian ng mananampalataya, na nauugnay sa zakāh.

Nagsabi si Allah:

(وَالَّذِينَ هُمْ لِلزَّكَاةِ فَاعِلُونَ)

{na sila para sa zakāh ay mga tagapagsagawa,}

(Qur'ān 23:4)

Ang Kahatulan sa Zakāh

Ang zakāh ay kabilang sa mga tungkulin sa Relihiyong Islām. Ito ay ang ikatlong haligi mula sa mga haligi ng Islām. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Itinayo ang Islām sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, ang pagpapanatili sa ṣalāh, ang pagbibigay ng zakāh, ang [pagsasagawa ng] ḥajj, at ang pag-aayuno sa Ramaḍān."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 8 at Imām Muslim: 16.)

Ang Kasanhian ng Pagkaisinasabatas ng Zakāh

Ang pagdalisay sa sarili ng tagapagbigay ng zakāh mula sa mga masagwang kaasalan gaya ng karamutan at ang pagdalisay sa mga gawain niya mula sa mga kasalanan at mga pagkakasala. Nagsabi si Allāh:

(خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا)

{Kumuha ka mula sa mga yaman nila ng isang kawanggawang magdadalisa sa kanila at magpapalago sa kanila sa pamamagitan nito}
(Qur'ān 9:103)

Ang pagbubusilak sa mga kaluluwang mga maralita at mga dukha sa pamamagitan ng

pagtugon sa pangangailangan nila at ng pagbibigay-kasapatan sa kanila laban sa panghihingi. Sa gawaing iyon ay may pangangalaga sa dignidad nila.

Ang pagdadalisay sa yaman at ang pangangalaga rito laban sa pagkasira at pagkawala. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang nagbigay ng zakāh ng yaman niya, umalis nga palayo sa kanya ang kasamaan nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Ḥākim: 1439.)

Ang mga Yaman na Kinakailangan sa mga Ito ang Zakāh

Ang mga salapi, na sumasaklaw sa ginto, pilak, at pera.

Ang mga paninda ng pangangalakal, tulad ng pangangalakal ng real estate, mga sasakyan, at lahat ng mga uri ng mga paninda.

Ang mga pananim, tulad ng trigo, palay, datiles, at ubas.

Ang mga hayupan, na sumasaklaw sa kamelyo, baka, at tupa.

Ang bawat isa sa mga ito ay may mga kundisyon na kinakailangan sa mga ito ang zakāh. Kaya naman makinig ka sa video clip na ito upang mapag-alaman mo ang mga ito.

Ang mga Gugulin ng Zakāh

Binanggit ni Allāh na ang mga karapat-dapat sa zakāh ay walong uri. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّمَا الصَّدَقَتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَمِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغُرَمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ)

{Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha, mga manggagawa sa mga ito, napalulubag-loob ang mga puso, sa pagpapalaya ng alipin, at mga nagkakautang, ayon sa landas ni Allāh, at kinapos sa daan – bilang tungkulin mula kay Allāh. Si Allāh ay Maalam, Marunong.} (Qur'ān 9:60)

Ang mga Maralita: Ang mga hindi nakatatagpo ng nakasasapat sa kanila o nakatatagpo ng isang bahagi ng kasapatan.

Ang mga Dukha: Ang mga nakatatagpo ng higit sa kasapatan sa kanila o kalahati nito kaya naman sila ay higit na maganda sa kalagayan sa mga maralita.

Ang Manggagawa sa mga Ito: Ang mga inatangan ng nakatalaga sa pamamahala ng pagtipon ng mga yaman ng zakāh at pamamahagi ng mga ito sa mga karapat-dapat.

Ang napalulubag-loob ang mga puso: Ang mga inaasahan ang pag-anib nila sa Islām kung bibigyan ng zakāh o ang mga pumasok sa Islām kamakailan para bigyan sila ng zakāh upang magpakatatag sila sa Islām.

Ang paggugol sa pagpapalaya ng alipin: Ang pagbibigay-laya sa mga alipin at ang pagtubos sa bihag na Muslim.

Ang mga nagkakautang: Ang walang-kakāyahan sa pagbayad ng mga utang nila.

Ang ginugugulan ayon sa landas ni Allāh: Ang mga nakikibaka ayon sa landas ni Allāh.

Ang kinapos sa daan: Ang manlalakbay na nawala ang panggastos niya o naubos ito.

Ang mga ito ay ang mga marapat sa zakāh. Hindi pinapayagan ang paggugol ng anuman mula sa mga ito sa iba pa sa kanila. Kaya naman hindi pinapayagan ang paggugol ng mga ito sa mga proyektong pangkabutihan gaya ng pagpapatayo ng mga masjid at mga paaralan.

Panoorin ang mga gugulin ng zakāh mula rito:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at tutugon ako.

Basahin mo ang mga sumusunod na āyah, pagkatapos hanguin mo mula sa mga ito: ang pagpapaibayo sa gantimpala ng paggugol, ang mga katangian ng mga tagapaggugol ayon sa landas ni Allāh, at ang katayuan nila sa Araw ng Pagbangon.

Nagsabi si Allāh:

(مَثَلُ الَّذِينَ يُنْفِقُونَ أَمْوَالَهُمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ كَمَثَلِ حَبَّةٍ أَنْبَتَتْ سَبْعَ سَنَابِلٍ فِي كُلِّ سُنْبُلَةٍ مِائَةُ حَبَّةٍ وَاللَّهُ يُضَاعِفُ لِمَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ وَاسِعٌ عَلِيمٌ) (261) الَّذِينَ يُنْفِقُونَ أَمْوَالَهُمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ ثُمَّ لَا يَتَّبِعُونَ مَأْ أَنْفَقُوا مَنَّا وَلَا أَدَى لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ) (البقرة: 261-262).

{261. Ang paghahalintulad sa mga gumugugol ng mga salapi nila sa landas ni Allāh ay gaya ng paghahalintulad sa isang butil na nagpatubo ng pitong puso, na sa bawat puso ay may isandaang butil. Si Allāh ay nagpapaibayo para sa sinumang nilolooob Niya. Si Allāh ay Malawak, Maalam.

Ang mga gumugugol ng mga salapi nila ayon sa landas ni Allāh, pagkatapos hindi nila pinasusundan ang anumang ginugol nila ng isang panunumbat ni pananakit, ukol sa kanila ang pabuya nila sa ganang Panginoon nila, at walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot.} (Qur'ān 2:261-262)

Ang mga Katuturan Ang mga Bahagi na Nagpapatunay Rito ang mga Āyah

Ang pagpapaibayo sa gantimpala ng paggugol ay:

(كَمَثَلِ حَبَّةٍ أَنْبَتَتْ سَبْعَ سَنَابِلٍ فِي كُلِّ سُنْبُلَةٍ مِائَةُ حَبَّةٍ).

{gaya ng paghahalintulad sa isang butil na nagpatubo ng pitong puso, na sa bawat puso ay may isandaang butil}

Ang mga katangian ng mga tagapaggugol ayon sa landas ni Allāh ay:

(لَا يَتَّبِعُونَ مَا أَنْفَقُوا مَنًّا وَلَا أَذًى).

{hindi nila pinasusundan ang anumang ginugol nila ng isang panunumbat ni pananakit,}

/Ang katayuan ng mga tagapaggugol sa Araw ng Pagbangon ay:

(لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ).

{ukol sa kanila ang pabuya nila sa ganang Panginoon nila, at walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot.}

Aktibidad 2: Aasa ako

Asahan mo ang kalagayan ng lipunang Islāmiko kapag hindi nag-utos ang Islām sa mga mayaman ng pagpapalabas ng zakāh.

Aktibidad 3: Magbibigay-katwiran ako.

Magbigay-katwiran ka sa anyo ng pagkakamali sa mga sumusunod na usapin:

Isang lalaking nagbabayad ng salapi ng zakāh niya sa pagpapatayo ng mga paaralan.

Isang lalaking nagbibigay sa mayamang kapatid niya mula sa zakāh ng yaman niya.

Isang lalaking nagbibigay sa ama niya mula sa zakāh ng yaman niya.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang kinapos sa daan ay ang manlalakbay na nawala ang panggastos niya o naubos ito. (✓)

Kabilang sa mga kasanhian ng zakāh ang pangangalaga sa dignidad ng maralita. (✓)

Ang zakāh ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Islām. (X)

Ang dukha ay higit na matindi sa pangangailangan kaysa sa maralita. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagpapatunay ang sabi ng Propeta na: **"Ang sinumang nagbigay ng zakāh ng yaman niya, umalis nga palayo sa kanya ang kasamaan nito."** sa:

(kasanhian ng zakāh - kahatulan sa zakāh - mga ginugugulan ng zakāh).

Ang kahatulan ng pagbibigay ng zakāh para sa tagapagmay-ari ng niṣāb nito ay:

(sunnah mu'akkadah (binigyang-diin) - fard kifāyah (tungkulin na sapat na gampanan ng kahit

isa at hindi ng lahat) - farḍ `ayn (tungkulin ng individuwal)).

Kabilang sa mga uri ng mga karapat-dapat para sa zakāh:

(ang maralitang maybahay - ang walang-kakāyahan sa pagbabayad ng utang niya - ang mayamang maysakit).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Sa ano nagpapatunay ang sabi ni Allāh:

(خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا وَصَلِّ عَلَيْهِمْ)

{Kumuha ka mula sa mga yaman nila ng isang kawanggawang magdadalisay sa kanila at magpapalago sa kanila sa pamamagitan nito at manalangin ka ng basbas sa kanila;} (Qur'ān 9:103)

Sino ang mga napalulubag-loob ang mga puso?

Takdaan mo ang pinakatanyag na tatlong uri na naging karapat-dapat sa mga yaman ng zakāh sa lipunan mo.

Magbuod ka ng mga yaman na kinakakailangan sa mga ito ang zakāh.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pag-aayuno

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa mga kundisyon ng pag-aayuno at mga sunnah nito;

makahango ka ng patunay sa mga kainaman ng pag-aayuno;

makapag-isa-isa ka sa mga tagapagpawalang-saysay sa pag-aayuno;

makapagsadamdamin ka sa kadakilaan ng pag-aayuno sa Ramaḍān;

makapangalaga ka sa pag-aayuno sa Ramaḍān.

Pagpapaumpisa

Tumitigil ang isang tao sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik sa [maghapon ng] panahon ng buwan ng Ramaḍān subalit siya naman nagsasalita ng kasagwaan kaugnay sa ukol sa iba sa kanya. Kaya ano ang pananaw mo kaugnay rito?

Ang mga Kainaman ng Buwan ng Ramaḍān

Ang pag-aayuno sa Ramaḍān ay may maraming kainaman, na kabilang sa mga ito: ang kapatawaran ng mga pagkakasala at ang

pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-ayuno sa Ramaḍān dahil sa pananampalataya at dahil sa pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad sa kanya sa anumang nauna na pagkakasala niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 38 at Imām Muslim: 760.)

Panoorin mo ang mga kainaman ng pag-aayuno sa Ramaḍān mula rito:

Ang mga Kundisyon ng Pag-aayuno

Ang pagkaanib sa Islām, kaya naman hindi ito kinakailangan sa tagatangging sumampalataya at hindi natutumpak mula sa kanya.

Ang pagkaadulto, kaya naman hindi ito kinakailangan sa paslit at natutumpak naman ito mula sa paslit na nakatatalos. Ito sa panig niya ay magiging isang kusang-loob na ayuno.

Ang pagkakaroon ng unawa, kaya naman hindi ito kinakailangan sa isang baliw.

Ang kakayahan sa pag-aayuno, kaya naman hindi ito kinakailangan sa nawawalang-kakayahan dito. Nagsabi si Allāh:

(فَمَنْ كَانَ مِنْكُمْ مَّرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِنْ أَيَّامٍ أُخَرَ وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ فِدْيَةٌ طَعَامُ مَسْكِينٍ)

{ngunit ang sinumang nagkusang-loob ng isang kabutihan, ito ay higit na mabuti para sa kanya. Ang mag-ayuno kayo ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay nakaaalam.} (Qur'ān 2:184) Kaya ang sinumang nawalang-kakāyahan sa pag-ayuno – gaya ng lubhang matanda at maysakit na hindi maaasahan ang paggaling nito – tunay na siya ay titigil-ayuno at magpapakain sa isang dukha kapalit ng bawat araw.

Ang pagkatigil ng dugo ng regla at nifās para sa mga babae.

Ang layunin sa pamamagitan ng paglalayon ng pag-aayuno bago ng pagsapit ng madaling-araw. Ang kinalalagyan ng layunin ay ang puso.

Ang mga Sunnah ng Pag-aayuno

Ang pagmamadali sa pagtigil-ayuno matapos ng pagkatiyak sa pagkalubog ng araw.

Ang pagtigil-ayuno ay sa pagkain ng mga manibalang datiles o mga hinog na datiles o tubig.

Ang pagpapahuli sa pagkain ng saḥūr hanggang sa bago ng pagsapit ng madaling-araw.

Ang pagpaparami ng mga gawain ng kabutihan, gaya ng pagbabasa ng Qur'ān at kadalasan ng pagsambit ng dhikr at pagkakawanggawa.

Ang pagdalangin sa sandali ng pagtigil-ayuno.

Ang Tagapagpapawalang-saysay sa Pag-aayuno

Ang pakikipagtalik sa maghapon ng Ramaḍān. Ito ay nag-oobliga ng pagbabayad-ayuno at panakip-sala. Ang panakip-sala ay pagpapalaya ng isang mananampalatayang alipin. Kung hindi siya nakatagpo, ang panakip-sala ay pag-aayuno ng dalawang buwan na nagkakasunuran. Kung hindi niya kaya, ang panakip-sala ay pagpapakain ng 60 dukha.

Ang pagpapalabas ng punlay dahilan sa paghalik o pagsaling o masturbasyon. Iyon ay nakasisira sa pag-aayuno at nag-oobliga ng pagbabayad-ayuno.

Ang pagkain o ang pag-inom nang sadyaan. Hinggil naman sa nakalimot, walang pananagutan sa kanya.

Ang pagpapaabot ng tubig at tulad nito sa sikmura sa pamamagitan ng ilong at ang pagpapaturuk ng dextrose.

Ang pagsuka ng sadyaan.

Ang pagpapasailalim sa ḥijāmah.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at hahango ako.

Ang pag-aayuno ay hindi ang mag-isang gawain ng kabutihan sa buwan ng Ramaḍān. Sa pakikilahok sa kaklase mo, maghango ka ng mga gawain ng kabutihan na nagpapahiwatig ng mga ito ang mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang Gawain

Ḥadīth: **"Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakagalante sa mga tao at siya ay pinakagalante sa magiging anuman sa Ramaḍān kapag nakikipagkita sa kanya si Anghel Gabriel."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6 at Imām Muslim: 2308.)

Ang pagpaparami ng kawanggawa.

Ḥadīth: **"Si Anghel Gabriel ay nakikipagkita sa kanya noon sa bawat gabi ng Ramaḍān saka nakikipag-aralan sa kanya ng Qur'ān."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6 at Imām Muslim: 2308.)

Ang Pagbabasa ng Qur'ān

Ḥadīth: **"Ang sinumang nagdasal sa gabi ng Ramaḍān dahil sa pananampalataya at dahil sa pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad si Allāh sa kanya sa anumang nauna na**

pagkakasala niya." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 37 at Imām Muslim: 759.)

Ang Pagdarasal sa Gabi

Aktibidad 2: Ipaliliwanag ko ang kahatulan.

Ipaliiwanag mo ang epekto ng mga sumusunod na gawain sa katumpakan ng pag-aayuno. Ano ang kinakailangan sa tagapag-ayuno?

Ang Gawain Ang Kahatulan sa Pag-aayuno
Niya Ano ang Kinakailangan sa Kanya?

Nakalimot na nakainom siya ng juice sa maghapon ng Ramaḍān. Tumpak. Walang kailangan sa kanya.

Nagpaturok siya ng dextrose sa ugat. Hindi tumpak. Kailangan sa kanya ang bayad-ayuno.

Nagpakuha siya ng kaunting dugo para sa pagpapasuri. Tumpak. Walang kailangan sa kanya.

Aktibidad 3: Mag-iisip ako at tutugon ako.

Magsagawa ka ng paghahanda ng isang listahan ng ilan sa mga masagwang kaugalian na nagtuturing ka na ang buwan ng Ramaḍān ay kumakatawan sa isang oportunidad para sa pag-aalis ng mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga Kundisyon ng Pag-aayuno:

(ang pagkain ng saḥūr - ang layunin - ang pagmamadali sa pagtigil-ayuno).

Kabilang sa mga tagapagpawalang-saysay sa pag-aayuno:

(ang pagpapasailalim sa ḥijāmah - ang pakikipagtalik sa gabi - ang pagkain nang nakalimot).

Kabilang sa mga sunnah ng pag-aayuno:

(ang pagtigil sa pagkain sa maghapon ng Ramaḍān - ang pagtigil-ayuno sa pagkain ng manibalang na datiles - ang pagpapasidhi sa istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig)).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Kabilang sa mga kinakailangan sa pag-aayuno ang pagmamadali sa pagtigil-ayuno.

Ang sinumang napanaigan ng pagsusuka sa maghapon ng Ramaḍān, nawawalang-saysay ang pag-aayuno niya.

Kinakailangan ang pag-aayuno sa paslit.

Ang pananadya ng pakikipagtalik sa maghapon ng Ramaḍān ay nag-oobliga ng bayad-ayuno.

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa kainaman ng pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ḥajj

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa kahatulan sa ḥajj;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng ḥajj;

makapagbuod ka sa mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng ḥajj at mga haligi nito;

makapagdakila ka sa kabuluhan ng ḥajj sa Islām;

makaganap ka sa pagsasagawa ng tungkulin na ḥajj sa sandali ng kakāyahan.

Pagpapaumpisa

Maglarawan ka ng damdamin mo nang nakikita mo ang Ka`bah.

Ang Kahatulan sa Ḥajj

Ang ḥajj ay isa sa mga dakilang tungkulin sa Islām. Ito ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Islām. Nag-obliga nga nito si Allāh sa mga nakakakaya iisang ulit sa tanang buhay. Nagsabi si Allāh:

(وَلِلّٰهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ اِلَيْهِ سَبِيْلًا)

{Sa kay Allāh tungkulin ng mga tao ang magsagawa ng ḥajj sa Bahay [na Pinakababanal]: ng sinumang nakayang [magkaroon] patungo roon ng isang landas.} (Qur'ān 3:97)

Ang Kainaman ng Ḥajj

Ang ḥajj ay may maraming kainaman, na ang ilan sa mga ito ay:

Ang pagtatakip-sala sa mga kasalanan at mga pagkakasala. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagsagawa ng ḥajj para kay Allāh at hindi humalay ni nagpakasuwail, uuwi siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1521 at Imām Muslim: 1350.)

Ang paghalay rito ay ang pakikipagtalik ang mga paunang gawain nito o ang mahalay na

pananalita. Ang kasuwailan dito ay ang mga pagsuway.

Ito ay kabilang sa pinakamainam sa mga gawain sa Relihiyong Islām. Tinanong nga ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) tungkol sa pinakamainam na gawain, kaya nagsabi siya: **"Pananampalataya kay Allāh at sa Sugo Niya." Sinabi: "Pagkatapos ano pa po?" Nagsabi siya: "Pakikibaka sa landas ni Allāh." Sinabi: "Pagkatapos ano pa po?" Nagsabi siya: "Ḥajj na isinamabuting-loob."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 26 at Imām Muslim: 83.)

Panoorin mo ang kainaman ng ḥajj mula rito:

Ang mga Kundisyon ng Ḥajj

Ang pagkaanib sa Islām, kaya naman hindi ito kinakailangan sa tagatangging sumampalataya at hindi natutumpak mula sa kanya.

Ang pagkaadulto, kaya naman hindi ito kinakailangan sa paslit. Natutumpak naman ito mula sa paslit at nagkakabisa ito bilang pagkukusang-loob. Hindi sasapat ito sa kanya pamalit ng ḥajj ng pagkalubos ng Islām.

Ang pagkakaroon ng unawa, kaya naman hindi ito kinakailangan sa isang baliw.

Ang pagkaya, ibig sabihin: ang kakāyahang pampananalapi at pampisikal sa mga inatang sa ḥajj at mga gawain nito.

Ang pagkakaroon ng mahram sa babae, gaya ng asawa niya o lalaking kapatid niya o tiyuhin niya.

Ang mga Haligi ng Hajj

Ang ihrām. Ito ay ang layunin ng pagpasok sa pagsasagawa ng hajj, kaya naman hindi natutumpak ang hajj nang wala nito.

Ang pagtigil sa `Arafah. Ito ay ang pinakadakila sa mga haligi ng hajj. **Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Ang hajj ay `Arafah."** (Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 889 at Imām An-Nasā'īy: 3016.)

Ang ṭawāf ng ifāḍāh (pagdalaw) ay pitong ikot. Nagsabi si Allāh:

(وَلْيَطَّوَّفُوا بِالْبَيْتِ الْعَتِيقِ)

{at magpalibut-libot sila sa Bahay na Matanda.} (Qur'ān 22:29)

Ang sa'y (pagdaan-daan) sa pagitan ng Ṣafā at Marwah nang pitong ulit.

Panoorin mo ang mga haligi ng hajj mula rito:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako.

Hanguin mo mula sa mga sumusunod na teksto ang mga kundisyon ng ḥajj:

Ang Teksto Ang Kundisyon

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag nagsagawa ng ḥajj ang paslit, ito ay isang ḥajj ukol sa kanya hanggang sa magkaisip siya; sapagkat kapag nagkaisip na siya, may kailangan sa kanya na iba pang ḥajj.** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Khuzaymah: 3050.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi ipinahihintulot sa isang babaing sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw na maglakbay ng layo ng paglalakbay na isang araw at isang gabi malibang kasama ng isang maḥram sa kanya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 1088 at Imām Muslim: 1339.)

Aktibidad 2: Magsusulat ako ng isang liham.

Magsulat ka ng isang liham sa sinumang nagtatamad-tamara sa pagganap ng ḥajj at `umrah sa kabila ng kakāyahan nito, habang nagpapatulong sa mga sumusunod na ḥadīth:

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mga tagapagsagawa ng ḥajj at ang mga tagapagsagawa ng `umrah ay delegasyon ni Allāh. Kung dumalangin sila sa**

Kanya, tutugon Siya sa kanila; at kung humingi sila ng tawad sa Kanya, magpapatawad Siya sa kanila." (Nagsalaysay nito sina Imām An-Nasā'iy: 2625 at Imām Ibnu Mājah: 2892.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ḥajj na isinamabuting-loob ay walang ganti dito kundi ang Paraiso."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1773 at Imām Muslim: 1349.)

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako.

Nagsabatas si Allāh ng isang bilang ng mga gawain na mayroong mabigat na gantimpala tulad ng gantimpala sa pagkasagawa ng ḥajj, na kabilang sa mga ito ang sabi ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"... isang `umrah sa Ramaḍān ay tumutumbas sa isang ḥajj o isang ḥajj kasama ko."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1863 at Imām Muslim: 1256.) Ibig sabihin: nakapapantay sa gantimpala ng isang ḥajj.

- Tanungin mo ang imām ng masjid mo tungkol sa isa pang gawaing mayroong tulad ng gantimpala sa pagkakasagawa ng ḥajj o `umrah.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Kinakailangan ang ḥajj sa nakakakaya iisang ulit sa tanang buhay. (✓)

Ang ṭawāf ay ang pinakadakila sa mga haligi ng ḥajj. (X)

Kinakailangan ang ḥajj sa tagatangging sumampalataya. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagpapatunay ang sabi ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) tungkol sa tagapagsagawa ng ḥajj na: **"uuwi siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya"**

sa:

(kabataan ng edad nito - pagsasamabuting-loob niya sa ina niya - kapatawaran sa mga pagkakasala niya).

Ang kahatulan ng pagsasagawa ng ḥajj ng paslit ay:

(tumpak at sasapat - tumpak at hindi sasapat - hindi tumpak).

Ang kundisyon sa ḥajj na natatangi sa mga babae ay ang pagkakaroon ng:

(maḥram - asawa - kakāyahan).

Isinasakundisyon ang pagkakaroon ng panggugol ng tagapagsagawa ng ḥajj hanggang sa:

(pagdating sa Makkah - pagkalubos ng mga rituwal ng ḥajj - pag-uwi sa bayan niya).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Humango ka ng patunay sa isang ḥadīth sa kainaman ng ḥajj.

Isa-isahin mo ang mga haligi ng ḥajj.

Ang Larangan ng mga Etiketa at mga Kaasalan

Ang Unang Aralin: Ang Kagandahan ng Kaasalan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka sa kahulugan ng kagandahan ng kaasalan at kahalagahan nito;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng kagandahan ng kaasalan;

makapagsadamdamin ka sa halaga ng kagandahan ng kaasalan;

makasunod ka sa mga magandang kaasalan.

Pagpapaumpisa

Ang kagandahan ng kaasalan ay ang pagkakaloob ng nakabubuti sa mga tao at ang pagwaksi sa pamemerhuwisyo sa kanila sa sinasabi o ginagawa.

Nag-utos nga sa atin ang Islām ng kagandahan ng kaasalan. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Mangilag kang magkasala kay Allāh nasaan ka man. Pasundan mo ang gawang masagwa ng gawang maganda na papawi rito. Umasal ka sa mga tao sa isang magandang kaasalan."** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 1987.

Ang mga Kainaman ng Kagandahan ng Kaasalan

Kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso;

Ang pag-angat sa mga antas;

Palatandaan sa pagkakumpleto ng pananampalataya.

Ang paggaya sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Ang pagsasakatotohanan sa pag-ibig ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Ang pagsasakatuparan sa pag-ibig ng mga tao.

Kadahilanan ng Pagpasok sa Paraiso

Tinanong ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) tungkol sa higit na pinakamarami sa nagpapapasok ng pag-ibig sa mga tao kaya nagsabi siya: **"Ang panginigilag magkasala kay Allāh at ang kagandahan ng kaasalan."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2004.)

Iyon ay dahil sa ang panginigilag magkasala kay Allāh ay isang pagganap sa karapatan ni Allāh at ang kagandahan ng kaasalan ay isang pagganap sa mga karapatan ng mga tao. Ang sinumang gumanap sa karapatan ni Allāh at karapatan ng mga tao ay magkakamit ng Paraiso at kaginhawahan doon.

Ang pag-angat sa mga antas:

Ang kagandahan ng kaasalan ay nag-aangat sa mga antas ng tagapagtaglay nito sa ganang kay Allāh at dumadagdag sa pabuya sa kanya at gantimpala sa kanya, nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-aayuno na nagdarasal pa [sa gabi]."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 4798.)

Palatandaan sa pagkakumpleto ng pananampalataya:

Hindi nagkakatatotoo ang pagkakumpleto ng pananampalataya malibang sa pamamagitan ng

pagkakumpleto ng mga kaasalan. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4682 at Imām At-Tirmidhīy: 2612.)

Ang paggaya sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) at ang pagsunod sa patnubay niya:

Nagbunyi nga si Allāh sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa sabi Niya:

(وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ)

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan.} (Qur'ān 68:4)

Nagsabi si Anas (malugod si Allāh sa kanya): **"Ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6203 at Imām Muslim: 2310.)

Ang pagsasakatotohanan sa pag-ibig ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) at ang pagkalapit sa kanya sa Araw ng Pagbangon:

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa**

Araw ng Pagbangon ay ang pinakamagaganda sa inyo sa mga kaasalan." Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2018.

Ang pag-ibig ng mga tao at ang paggalang nila:

Ang mga tao ay umiibig sa tagapagtaglay ng magandang kaasalan at tumatanggap ng payo niya. Nagsasabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Tunay na kayo ay hindi makapagpapasaya sa mga tao sa pamamagitan ng mga yaman ninyo, subalit magpasaya sa kanila ang galak ng mukha at ang kagandahan ng kaasalan."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Hākim: 428.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at hahango ako.

Ang kagandahan ng kaasalan ay may maraming anyo. Pagbulay-bulayan mo ang mga sumusunod na teksto at hanguin mo mula sa mga ito ang magandang kaasalan na nilalaman ng mga ito:

Ang Teksto Ang Magandang Kaasalan

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **""Tunay na si Allāh ay mabait na nakaiibig sa kabaitan ..."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6927 at Imām Muslim: 2593.)

Ang Kabaitan

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang mga naawa ay kaaawaan sila ng Napakamaawain."** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 1847.

Nagsabi si Anas (malugod si Allāh sa kanya): **"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamainam sa mga tao, ang pinakagalante sa mga tao, at ang pinakamatapang sa mga tao."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2820 at Imām Muslim: 2307.)

Ang Katapangan at ang Pagkamapagbigay

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at magpapatupad ako.

Nagpupunyagi ang Islām sa pag-angat sa mga tagasunod nito sa pinakamataas sa mga antas ng mga kaasalan. Nagsabi si Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya at pangalagaan):

(وَقُلْ لِعِبَادِي يَقُولُوا الَّتِي هِيَ أَحْسَنُ)

{Sabihin mo sa mga lingkod Ko na sabihin nila ang siyang higit na maganda.} (Qur'ān 17:53)

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagsulat ng pinakamaganda sa mga masasabi sa mga sumusunod na senaryo:

Nagsabi sa iyo ang isang tao: "Magandang umaga."

Nakatagpo ka ng isang kaklase na nakaupo sa upuan mo.

Nagsabi sa iyo ang kaklase mo: "Tunay na ikaw ay hindi nakaiintindi nang mabilis."

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang kagandahan ng kaasalan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso. (✓)

Ang kabaitan ay nagpapahiwatig ng kahinaan ng personalidad. (X)

Ang magandang kaasalan ay nagpapalaganap ng pag-ibig sa gitna ng mga tao. (✓)

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang dalawang sumusunod na teksto:

Nagsabi si Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan):

(وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ).

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang
kaasalang}

Nagsabi ang Propeta (s): **"Umasal ka sa mga
tao sa isang kaasalang"**

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na
panuto:

Ano ang tinutukoy ng kagandahan ng
kaasalan?

Ipaliwanag mo ang kaugnayan ng kaasalang
maganda sa pananampalataya.

Magtakda ka ng tatlong kaasalan na
nagsusumikap ka sa paggawa ayon sa mga ito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Katangian ng Katapatan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong
estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa halaga ng katapatan sa
buhay natin;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng
katapatan.

makapagdakila ka sa kahalagahan ng pagbibigay ng edukasyon sa mga bata ayon sa katapatan;

magpakatapat ka sa mga ginagawa mo at mga sinasabi mo.

Ang katapatan ay kabilang sa pinakadakila sa mga kaasalan na ipinag-utos sa atin ni Allāh. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّٰدِقِينَ)

{O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at maging kasama kayo sa mga tapat.} (Qur'ān 9:119)

Bakit nag-utos si Allāh sa mga mananampalataya na sila ay maging kasama ng mga tapat? Ano ang kaugnayan ng katapatan sa pananampalataya?

Mapag-aalaman natin ang sagot doon sa pamamagitan ng araling ito.

Ang Katapatan:

Ang Konsepto ng Katapatan

Ang mga Larangan ng Katapatan

Ang Katapatan ng Puso kay Allāh

Ang Katapatan ng Dila

Ang Katapatan sa Paggawa

Ang mga Kainaman ng Katapatan

Ang Konsepto ng Katapatan

Ang katapatan ay ang pakikipagtugma ng sinasabi sa ginagawa at ng panlabas sa panloob ang pagsasalita ng reyalidad.

Ang katapatan ay nasa mga layunin, mga sinasabi, at mga ginagawa.

A. Ang mga Larangan ng Katapatan

Ang katapatan ay may tatlong larangang kinakailangan sa Muslim na magtaglay ng mga ito:

Ang Katapatan kay Allāh

Ito ay sa pamamagitan ng pagsasaayos ng layunin at pakay para sa ikalulugod ng mukha ni Allāh. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang sinumang humiling kay Allāh ng kamartiran nang tapat ay paabutin siya ni Allāh sa mga kalagayan ng mga martir."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1909.) Bahagi ng pinakadakilang katapatan na magpakatapat ang Muslim sa pananampalataya nito kay Allāh, pananalig nito sa Kanya, at pag-ibig nito sa Kanya.

Ang Katapatan ng Dila

Ito ay sa pamamagitan ng pagtutugmaan ng pananalita sa reyalidad sapagkat walang kasinungalingan dito at walang pagpapalabis. Nagsasabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob. Tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso. Tunay na ang lalaki ay talagang nagpapakatapat hanggang sa siya ay maging pagkatapat-tapat."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6094 at Imām Muslim: 2607.)

Ang Katapatan sa Paggawa

Kailangan sa Muslim na hindi gumawa ng salungat sa sinasabi niya. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لِمَ تَقُولُونَ مَا لَا تَفْعَلُونَ (2) كَبُرَ مَقْتًا عِنْدَ
اللَّهِ أَنْ تَقُولُوا مَا لَا تَفْعَلُونَ (3))

{2. O mga sumampalataya, bakit kayo nagsasabi ng hindi ninyo ginagawa?

3. Lumaki sa pagkamuhi sa ganang kay Allāh na magsabi kayo ng hindi ninyo ginagawa.}
(Qur'ān 61:2-3)

Ang mga Kainaman ng Katapatan

Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso.

Ang katapatan ay kabilang sa mga katangian ng mga sugo ni Allāh. Nag-utos nga si Allāh ng pagtulad sa kanila.

Ang katapatan ay nagpapatamo sa Muslim ng katiwasayan sa puso at katahimikan sa sarili.

Ang katapatan ay patunay ng lakas ng personalidad at palatandaan ng tiwala sa sarili.

Ang katapatan ay gumagawa sa Muslim na iniibig sa lipunan niya, na nakikilala sa kabutihan sa gitna ng mga tao.

Ang katapatan ay lumalahok sa pagpapalaganap ng pag-ibig at pagmamahal sa gitna ng mga individuwal ng lipunan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at mag-aanalisa ako.

Ayon kay `Abdullāh bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tumawag sa akin ang ina ko isang araw habang ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay nakaupo sa bahay namin, saka nagsabi siya: "O halika, may ibibigay ako sa iyo." Kaya nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ano naman ang ninais mo na ibigay sa**

kanya?" Nagsabi siya: "Magbibigay ako sa kanya ng datiles." Nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Tunay na ikaw, kung sakaling hindi nagbigay sa kanya ng anuman, ay pagtatalaan laban sa iyo ng isang pagsisinungaling."} (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 4991.)

Sa pamamagitan ng ḥadīth na ito, ipaliwanag mo ang kahalagahan ng edukasyon sa katapatan at ang epekto niyon sa kaayusan ng lipunan.

Aktibidad 1: Maghuhulo ako.

Sa pamamagitan ng mga sumusunod na teksto, maghulo ka ng ilan sa mga kainaman ng katapatan.

Ang Teksto Ang Kainaman ng Katapatan

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿قَالَ اللَّهُ هَذَا يَوْمُ يَنْفَعُ الصَّادِقِينَ صِدْقُهُمْ لَهُمْ جَنَّاتٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ﴾

{Magsasabi si Allāh: “Ito ay Araw na magpapakinabang sa mga tapat ang katapatan nila. Ukol sa kanila ay mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga

mananatili sa mga ito magpakailanman.” Nalugod si Allāh sa kanila at nalugod naman sila sa Kanya. Iyon ay ang pagkatamong sukdulan.} (Qur'ān 5:119)

Ang Bigat ng Gantimpala ng mga Tapat
Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَالَّذِي جَاءَ بِالصِّدْقِ وَصَدَّقَ بِهِ أُولَٰئِكَ هُمُ الْمُتَّقُونَ)

{Ang naghatid [na si Propeta Muḥammad] ng katapatan at nagpatotoo rito, ang mga iyon ay ang mga tagapangilag magkasala.} (Qur'ān 39:33)

Ang Katapatan ay patunay ng pangingilag magkasala.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang nagbibilihan ay makapipili hanggat hindi sila naghiwalay. Kaya kung nagpakatapat sila at naglinaw, pagpapalain sila sa pagbibilihan nila."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 2082.)

Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng biyaya.

Aktibidad 3: Magpapahayag ako.

Magpahayag ka sa pamamagitan ng istilo mo ng kahihinatnan ng katapatan kay Allāh sa pamamagitan ng naintindihan mo mula sa recording sa sumusunod na link:

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Natatangi ang katapatan sa pakikipagtugma ng mga sinasabi sa reyalidad. (X)

Ang katapatan ay isang patunay sa katapatan at lakas ng pananampalataya. (✓)

Ang gantimpala sa mga magandang layunin ay natatamo matapos ng paggawa. (X)

Ang pagsisinungaling ay isang kadahilanan ng pagkawala ng pagpapala at pangangaunti ng panustos. (✓)

Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso. (✓)

PANUTO 2: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Bigyang-pakahulugan ang katapatan.

Ipaliwanag mo kung papaano nangyayari ang katapatan kay Allāh.

Nagbigay ng edukasyon ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya sa katapatan. Magbigay-patunay ka roon.

Ang Ikatlong Katapatan: Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)

Ang mga Layong Pampamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng pagkamapagkakatiwalaan (amānah);

makapag-isa-isa ka sa pinakamahalaga sa mga anyo ng pagkamapagkakatiwalaan;

makapagbigay-patunay ka sa kainaman ng pagkamapagkakatiwalaan;

makapagsadamdamin ka sa panganib ng paglaho ng pagkamapagkakatiwalaan sa mga lipunan;

makapagtaglay ka ng katangian ng pagkamapagkakatiwalaan sa lahat ng mga nauukol sa iyo.

Pagpapaumpisa

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay naparaan sa isang bunton ng makakain. Kaya nagpasok siya ng kamay niya rito saka nagtamo ang mga daliri niya ng pamamasa kaya nagsabi siya: "Ano ito, O may-ari ng makakain?" Nagsabi ito: "Tinamaan po iyan ng ulan, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Kaya bakit hindi ka naglagay nito sa ibabaw ng makakain upang makakita rito ang mga tao? Ang sinumang nandaya ay hindi kabilang sa akin."} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 102.)

Matapos pagbulay-bulayan ang ḥadīth na ito, isulat mo ang pinakamahalaga sa mga katangian ng mangangalakal na Muslim.

Ang Pagkamapagkakatiwalaan

Ang Konsepto Nito

Ang mga Anyo Nito

Ang mga Kainaman Nito

A. Ang Konsepto ng Pagkamapagkakatiwalaan

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay ang pagganap sa mga isinatungkulin ni Allāh at ang pag-iingat sa mga kasunduan, mga lagak, at mga lihim.

B. Ang mga Anyo ng Pagkamapagkakatiwalaan

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa Relihiyon ay sa pamamagitan ng pagsamba ng Muslim sa Panginoon niya na para bang siya ay nakakikita sa Kanya.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa mga dangal ay sa pamamagitan ng hindi paninira ng Muslim sa mga dangal ng mga tao.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa mga ari-arian ay gaya ng pagkamapagkakatiwalaan sa pagtitinda at pagbili at pag-iingat sa mga lagak at mga ipinagkatiwala.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa trabaho ay sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga lihim nito at pagpapakahusay sa mga gawain dito.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa kaalaman ay sa pamamagitan ng pagiging ang Muslim ay mapagkakatiwalaan sa pagpapaabot ng kaalaman.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa mga lihim kaya hindi magkakalat ang Muslim ng isang lihim at hindi magtataksil sa isang kasunduan.

Ang pagkamapagkakatiwalaan sa mga pandama at mga bahagi ng katawan kaya hindi siya gagamit ng mga ito sa bawal gaya ng pagtingin sa mga kahubaran.

Ang mga Kainaman Pagkamapagkakatiwalaan

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng mga propeta at mga isinugo. Tinagurian nga ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) bago ng pagkapropeta bilang Al-Amīn (Ang pagkamapagkakatiwalaan).

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay bahagi ng kakumpletuhan ng pananampalataya at ang kataksilan ay bahagi ng mga gawain ng pagpapaimbabaw. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang tanda ng mapagpaimbabaw ay tatlo: kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling siya, kapag nangako siya ay nagtatalusira siya, at kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil siya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 33 at Imām Muslim: 59.)

Ang Muslim na mapagkakatiwalaan ay iniibig ni Allāh at iniibig ng mga tao.

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay nangangalaga sa mga dangal at mga ari-arian laban sa pagkawala at naggagarantiya ng katiwasayan para sa lipunan.

Pinangakuan ni Allāh ang mga mapagkakatiwalaan ng tagumpay. Nagsabi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa paglalarawan sa mga tagumpay:

(وَالَّذِينَ هُمْ لِأَمْتِهِمْ وَعَهْدِهِمْ رُغُونَ)

{na sila sa mga ipinagkatiwala sa kanila at kasunduan sa kanila ay mga tagapag-alaga,}
(Qur'ān 23:8)

Ang pagkawala ng pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa mga palatandaan ng Huling Sandali. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Kapag winala ang pagkamapagkakatiwalaan, hintayin mo ang Huling Sandali."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6496.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (s): **"O katipunan ng sumampalataya sa dila niya at hindi naman pumasok ang pananampalataya sa puso, huwag kayong manlibak sa mga Muslim at huwag kayong magsubaybay sa mga kahihyan nila. Tunay na ang sinumang nagsusubaybay sa mga kahihyan nila, magsusubaybay si Allāh sa kahihyan nito; at ang sinumang sinubaybayan ni Allāh ang kahihyan nito, ipahihiya Nya ito sa bahay nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 4880.)

Sa pakikilahok sa tagapagturo mo, tugunin mo ang sumusunod:

Ano ang natututuhan natin mula sa ḥadīth na ito:

Sa ilalim ng aling anyo mula sa mga anyo ng pagkamapagkakatiwalaan napaloloob ang ḥadīth na ito?

Aktibidad 2: Makikilahok ako at magpapahayag ako.

Dumaraing ang mga tao ng kakauntian ng pagkamapagkakatiwalaan sa pagganap ng mga manggagawa. Makilahok ka sa mga kaklase mo at tumugon ka sa sumusunod:

Ano ang mga kaparaanang nakatutulong sa pagkamapagkakatiwalaan sa trabaho.

Ilarawan mo ang trabaho mo, pagkatapos linawin mo kung papaano kang nagsisikap magtamo ng pagkamapagkakatiwalaan dito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagkakalat ng mga lihim ay nagpapatunay ng pagkamapagkakatiwalaan. (X)

Ang mapagkakatiwalaan ay hindi naninira sa mga dangal ng mga tao. (✓)

Ang mga lipunang matiwasay ay ang mga lipunang mapagkakatiwalaan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagkawala ng pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa mga palatandaan ng:

(katapatan - pagsasamabuting-loob - Huling Sandali).

Kabilang sa mga bagay-bagay na nilikha ni Allāh ang tao alang-alang doon:

(ang pagpapakasarap sa Mundo - ang pag-iingat sa ipinagkatiwala - ang pagsasakatotohanan sa mga ninanasa).

Ang Muslim na mapagkakatiwalaan ay:

(nangangalaga sa mga kasunduan - nagsisinungaling para sa personal na kapakanan - nagpapalaganap ng mga lihim).

Ang pagsasaalang-alang kay Allāh ay nakatutulong sa:

(pagpapabaya sa trabaho - pagpapakahusay sa trabaho - pagwaksi sa trabaho).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang pinaiksing pagbibigay-kahulugan sa pagkamapagkakatiwalaan.

Ipaliwanag mo ang pinapakay ng pagkamapagkakatiwalaan sa kaalaman.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katangian ng Pagtitiis

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng pagtitiis (ṣabr);

makahango ka ng patunay sa kainaman ng pagtitiis;

makapag-isa-isa ka sa mga uri ng pagtitiis;

makapaglinaw ka sa pinakamahalaga sa mga tagatulong sa pagtitiis;

makapagdakila ka sa kainaman ng pagtitiis;

makapagtaglay ka ng kaasalan ng pagtitiis.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(إِنَّمَا يُوفَّى الصَّابِرُونَ أَجْرَهُمْ بِغَيْرِ حِسَابٍ)

{Lulubus-lubusin lamang ang mga nagtitiis sa pabuya sa kanila nang walang pagtutuos."}

(Qur'ān 39:10)

Matapos ng pag-aaral ng araling ito, mag-isip ka kaugnay sa mga kainaman ng kaasalan ng pagtitiis na gagantihan ni Allāh nang walang pagtutuos.

Ang Pagtitiis

Ang Konsepto Nito

Ang mga Uri Nito

Ang Pagtitiis Para sa Pagtalima kay Allāh

Ang Pagtitiis Palayo sa Pagsuway kay Allāh

Ang Pagtitiis sa Pagsubok

Ang mga Kainaman Nito

A. Ang Konsepto ng Pagtitiis

Ang pagtitiis ay isang marangal na kaasalang nagpapatibay sa Muslim sa pagtalima kay Allāh at pagkalugod sa pagtatakda Niya at pumipigil sa kanya sa pagsuway.

B. Ang mga Uri ng Pagtitiis

Ang pagtitiis ay may tatlong uri: ang pagtitiis para sa pagtalima kay Allāh, ang pagtitiis palayo sa pagsuway kay Allāh, at ang pagtitiis sa pagsubok.

Ang Pagtitiis Para sa Pagtalima kay Allāh

Ito ay sa pamamagitan ng pagtupad nito at pagmamatuwid dito, at ito ay nangangailangan ng pagsusumikap at pagtitiis, sabi Niya:

(وَأْمُرْ أَهْلَكَ بِالصَّلَاةِ وَاصْطَبِرْ عَلَيْهَا)

{Mag-utos ka sa mag-anak mo ng pagdarasal at magpakamatiisin ka rito. Hindi Kami humihingi sa iyo ng isang panustos; Kami ay tumutustos sa iyo. Ang [pinapupurihang] kahihinatnan ay ukol sa [mga may] pangingilag magkasala.} (Qur'ān 20:132)

Ang Pagtitiis Palayo sa Pagsuway kay Allāh

Ito ay sa pamamagitan ng pagpigil sa sarili sa ipinagbawal ni Allāh at paglaban sa mga ninanasa at minamasarap na ipinagbabawal.

Ang Pagtitiis sa Pagsubok

Ang pagsubok ay sa pamamagitan ng kasamaan at kabutihan. Nagsabi si Allāh:

وَنَبْلُوكُم بِالشَّرِّ وَالْخَيْرِ فِتْنَةً

{Susubok Kami sa inyo sa pamamagitan ng kasamaan at kabutihan bilang tukso. Tungo sa Amin pabalikin kayo.} (Qur'ān 21:35)

Ang pagtitiis sa sandali ng pagsubok dahil sa kasamaan ay sa pamamagitan ng pagpigil sa sarili sa pagkainis, pagkaligalig, at paghihinaing. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang pagtitiis ay sa sandali ng unang dagok ng kasawian lamang."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 1283.)

Ang pagtitiis sa sandali ng pagsubok dahil sa kabutihan ay sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa biyaya at na huwag malinlang ang Muslim ng ibinigay sa kanya ni Allāh na kabutihan. Magsaalaala siya na ang biyaya ay mula kay Allāh – tanging sa Kanya.

C. Ang mga Kainaman ng Pagtitiis

Nangako si Allāh sa mga nagtitiis ng pabuya nang walang pagtutuos.

Ang pagtitiis ay kabilang sa mga katangian ng mga propeta at mga isinugo sapagkat sila ay ang pinakamatindi sa mga tao sa pagsubok at ang pinakamarami sa mga tao sa pagtitiis.

Si Allāh ay kasama ng mga nagtitiis:

(إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ)

{Tunay na si Allāh ay kasama ng mga nagtitiis.} (Qur'ān 2:153)

Ang pagtitiis ay isang kadahilanan ng pagtamo at tagumpay sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang pagtitiis para sa pagtalima at palayo sa pagsuway ay nagsasanhi ng pag-ibig ni Allāh at pagkalugod Niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at mag-uugnay ako.

Kabilang sa nakatutulong sa Muslim sa pagtitiis sa pagsubok na gumanap siya ng mga pagsamba at magsaalaala siya na ang kabutihan ay maaaring maging nasa kinasusuklaman niya at na umasam siya ng gantimpala ng mga nagtitiis at kainaman nila.

Mag-uugnay ka sa pagitan ng mga kahulugang nauna at mga āyah na natatagpuan sa talahanayang ito:

Ang Teksto Ang mga Kaparaanang
Nakatutulong sa Pagtitiis

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَعَسَى أَنْ تَكْرَهُوا شَيْئًا وَهُوَ خَيْرٌ لَكُمْ)

{Marahil masuklam kayo sa isang bagay samantalang ito ay mabuti para sa inyo} (Qur'ān 2:216) Ang kabutihan ay maaaring maging nasa kinasusuklaman ng tao.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَأَصْبِرُوا إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ) (الأنفال:46). فضل الصبر.

{Magtiis kayo; tunay na si Allāh ay kasama sa mga nagtitiis.} (Qur'ān 8:46) Ang Kainaman ng Pagtitiis

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اسْتَعِينُوا بِالصَّبْرِ وَالصَّلَاةِ إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ)

{O mga sumampalataya, magpatulong kayo sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal; tunay na

si Allāh ay kasama ng mga nagtitiis.} (Qur'ān 2:153) Ang Pagganap ng mga Pagsamba

Aktibidad 2: Magsasaliksik ako at magpapahayag ako.

Nagtiis ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa maraming kasawiangpalad sa buhay niya. Siya noon ay kay inam bilang tinutularang kaaya-aya. Nagtiis nga siya sa perhuwisyo habang siya ay nag-aanyaya tungo kay Allāh. Nagtiis siya sa pagkawala ng maybahay at mga anak. Nagtiis siya sa kakauntian ng yaman.

Panoorin mo ang video clip na ito, pagkatapos magpahayag ka ng mahihinuha mo mula rito:

Aktibidad 3: Magrerepaso ako at magpapahayag ako.

Tunay na si Allāh ay magtutumbas ng kabutihan sa mga nagtitiis. Magsagunita ka mula sa memorya mo ng isang pangyayaring nagtiis ka rito sa isang kinasusuklanan at nakatagpo ka ng kabutihan sa itinakda ni Allāh para sa iyo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pagtalima kay Allāh ay madali, na hindi nangangailangan ng isang pagtitiis. (X)

Ang pagganap ng mga pagtalima ay nakatutulong sa Muslim sa pagtitiis. (✓)

Ang totoong nagtitiis ay tumitigil sa paghihinaing at pagkaligalig. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagpigil sa sarili sa panonood ng mga larawan at mga palabas na mahalay ay isang pagtitiis palayo sa:

(pagsubok - pagtalima - pagsuway).

Ang pagtitiis sa pagsubok dahil sa kabutihan ay sa pamamagitan ng:

(pagtigil sa paghihinaing - pasasalamat sa biyaya - paghingi ng karagdagan).

Ang pagsasaalaala sa kainaman ng mga nagtitiis ay kabilang sa:

(mga kaparaanan ng pagtitiis - mga pahirap ng pagtitiis - mga uri ng pagtitiis).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang pinaiksing pagbibigay-kahulugan sa pagtitiis.

Ang mga kalagayan ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay nagtuturo sa mga Muslim ng pagtitiis. Magpaliwanag ka niyon.

Magsulat ka ng isang āyah na nagpapatunay sa bigat ng gantimpala ng mga nagtitiis.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Katangian ng Pagkahiya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-pakahulugan ka sa pagkahiya;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng mga uri ng pagkahiya;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng pagkahiya;

makapagtaglay ka ng kaasalan ng pagkahiya.

Pagpapaumpisa

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Tunay na kabilang sa naabutan ng mga tao mula sa pananalita ng unang pagkapropeta: Kapag hindi ka nahiya, gawin mo ang niloob mo."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6120.)

Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth na ito, pagkatapos mag-isip ka kung papaanong ang paghiya ay maging isang tagahadlang para sa Muslim sa mga pagsuway.

Ang Pagkahiya

Ang Konsepto ng Pagkahiya

Ang mga Uri ng Pagkahiya

Ang Pagkahiya kay Allāh

Ang Pagkahiya sa Sarili

Ang Pagkahiya sa mga Tao

Ang mga Kainaman ng Pagkahiya

A. Ang Konsepto ng Pagkahiya

Ang pagkahiya ay isang kaasalang humihimok sa tao sa paggawa ng maganda at pagwaksi ng pangit na mga sinasabi at mga ginagawa.

B. Ang mga Uri ng Pagkahiya

Ang Pagkahiya kay Allāh

Ito ay ang pinakadakilang pagkahiya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Mahiya kayo kay Allāh nang totoong pagkahiya."** Nagsabi ang mga Kasamahan: **"O Sugo ni Allāh, tunay na kami ay nahihiya. Ang papuri ay ukol kay Allāh."** Nagsabi siya: **"Hindi iyan, subalit ang**

pagkahiya kay Allāh nang totoong pagkahiya ay na pag-ingatan mo ang ulo at ang naisilid nito at ang tiyan at ang nilaman nito. Alalahanin mo ang kamatayan at ang pagsubok. Ang sinumang nagnais ng Kabilang-buhay ay magwawaksi ng gayak ng Mundo. Kaya ang sinumang gumawa niyan ay nahiya nga kay Allāh nang totoong pagkahiya."
(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 2458.)

Tunay na ang pagkahiya kay Allāh ay nangangahulugan na mahiya ka na makita ka sa isang pagsuway, na umiwas ka sa mga sinasaway Niya, at na magsaalaala ka na ikaw ay titindig sa harapan Niya para sa pagtutuos sa Araw ng Pagbangon.

Ang Pagkahiya sa Sarili

Ang Muslim ay marangal ang kaluluwa, na nahihiya na magsalita ng mahalay sa pananalita o gumawa ng masagwa sa mga gawain bilang pangangalaga sa sarili niya at dangal niya.

Ang Pagkahiya sa mga Tao

Ang Muslim ay nahihiya na makita siya ng mga tao sa isang kasamaan at nakaiibig na makita siya ng mga tao sa isang kabutihan upang siya ay maging isang tinutularan ng mag-anak niya at mga kasamahan niya sapagkat ang sinumang nahiya sa mga tao ay nagpipigil siya sa sarili sa mga masagwang kaasalan at mga pangit na gawain na

nakababawas sa prestihiyo niya sa harapan ng mga tao.

C. Ang mga Kainaman ng Pagkahiya

Ang pagkahiya ay isang kaasalang naiibigan ni Allāh. Nagsabi ang Sugo ni Allāh sa isang lalaking kabilang sa mga Kasamahan niya: **"Tunay na sa iyo ay may dalawang katangiang kapwa iniibig ni Allāh: ang pagtitimpi at ang pagkahiya."** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 4188.)

Ang pagkahiya ay katangian ng Marangal na Sugo sapagkat nasaad sa ḥadīth: **"Ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay higit na matindi sa pagkahiya kaysa sa birhen sa silid nito."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3562 at Imām Muslim: 2320.)

Ang pagkahiya ay kabilang sa mga sangay ng pananampalataya. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang pagkahiya ay isang sangay ng pananampalataya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 9 at Imām Muslim: 35.)

Ang pagkahiya ay walang inihahatid kundi kabutihan. Nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang pagkahiya ay walang inihahatid kundi kabutihan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6117 at Imām Muslim: 37.)

Ang pagkahiya ay gumagawa sa Muslim bilang maayos na tinutulutan sa lipunan niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako.

Hanguin mo ang mga anyo ng pagkahiya mula sa mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang mga Anyo ng Pagkahiya

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(فَجَاءَتْهُ إِحْدَاهُمَا تَمْشِي عَلَى اسْتِحْيَاءٍ)

{Saka dumating sa kanya ang isa sa dalawang babae, na naglalakad sa pagkahiya.} (Qur'ān 28:25)

Ang buhay ng babae ay nasa paglakad niya at ang lahat ng mga kalagayan niya.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Ingatan mo ang kahubaran mo maliban sa maybahay mo o minay-ari ng kanang kamay mo." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, [paano] kapag ang mga lalaki ay nasa isa't isa nila?" Nagsabi siya: "Kung makakaya mo na hindi makita ito ng isa man ay huwag mo ngang ipakikita ito." Sinabi: "O Propeta ni Allāh, [paano] kapag ang isa sa amin ay nagsosolo?"**

Nagsabi siya: "Si Allāh ay higit na karapat-dapat na kahiyaan kaysa sa mga tao."
(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2794.)

Ang pagtatakip ng kahubaran kahit pa man ang tao ay mag-isa.

Aktibidad 2: Maghahambing ako.

Mayroong mga kalagayan na napupulaan sa mga ito ang pagkahiya, tulad ng pagkahiya sa pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama at pagkahiya sa pagtatanong kaugnay sa kaalaman.

Maghambing ka sa pagitan ng pagkahiya ng pinapupurihan at pagkahiya ng pinupulaan kasama ng pagpapatulong sa video clip na ito:

Papalitan ang link dito sapagkat ito ay kay Pantas na Al-'Uthaymīn.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na gawain at ng tanda na (X) sa harapan ng maling gawain sa sumusunod:

Isang taong nasira ang wuḍū' niya ngunit nahiya siya na lumabas mula sa ṣalāh. (X)

Isang lalaking nagpatigil ng kotse niya at tumugon sa tawag ng kalikasan niya sa kalsada. (X)

Isang empleyadong nahihiya na magpalit ng mga kasuutan niya sa harapan ng mga kaopisina niya.

Isang estudyanteng nahihiya na magtanong sa tagapagturo niya tungkol sa hindi niya naiintidihan. (X)

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang mga sumusunod na teksto:

"Ang pagkahiya ay walang inihahatid kundi"

"Ang pagkahiya ay isang sangay ng"

"Kapag hindi ka nahiya, gawin mo ang"

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang pinapakay ng pagkahiya?

Papaanong magsasakatotohan ang Muslim ng pagkahiya kay Allāh?

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Katangian ng Katarungan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng katarungan;

makapag-isa-isa ka sa pinakamahalaga sa mga anyo ng katarungan;

makapagbigay-patunay ka sa kainaman ng katarungan;

makapagsadamdamin ka sa panganib ng paglaho ng katarungan sa mga lipunan;

makapagtaglay ka ng kaasalan ng katarungan.

Pagpapaumpisa

Kung sakaling luminaw sa iyo na ang anak mo ay nang-aapi sa isa sa mga anak ng mga kapitbahay, ano ang gagawin mo?

Magsagawa ka ng pagtatasa sa saloobin mo matapos ng pagwawakas ng pag-aaral ng araling ito.

Ang Katarungan

Ang Konsepto Nito

Ang mga Anyo ng Katarungan

Ang Pamamaraan ng Pagsasakatotohanan sa Katarungan

Ang mga Kainaman Nito

A. Ang mga Kainaman ng Katarungan

Ang katarungan ay ang kabaliktaran ng kawalang-katarungan. Ito ay ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito nang walang kakulangan. Naglalaman ito ng pagpapakapatas sa pakikitungo nang walang pagtatangi sa mga tao.

B. Ang mga Anyo ng Katarungan

1. Ang Paggawa ng mga Tungkulin at ang Pagganap ng mga Karapatan

Ito ay sa pamamagitan ng pagganap ng tao ng mga tungkuling kinakailangan sa kanya at pagtamo ng mga karapatan niya nang walang paglabag sa karapatan ng iba pa sa kanya.

2. Ang Paghatol sa mga Tao Ayon sa Katarungan

Kapag nangyari ang isang salungatan sa pagitan ng mga tao o lumabag ang isa sa kanila sa iba, kinakailangan ang humatol sa pagitan nila ayon sa katarungan para panumbalikin sa nalabag sa katarungan ang karapatan niya at parusahan ang tagalabag ng katarungan.

Ang Muslim ay nagbibigay ng karapatan sa nalabag sa katarungan, kahit pa man ang tagalabag ng katarungan ay kamag-anak niya o kaibigan niya. Sa panahon ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan), may nagnakaw na isang babaing kabilang sa isang tanyag na lipi kaya kinausap ng

ilan sa mga Kasamahan ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) nang sa gayon hindi putulin ang kamay niya ngunit nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Sumpa man kay Allāh, kung sakaling si Fāṭimah na anak ni Muḥammad ay nagnakaw, talagang puputulin ko ang kamay niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1688.)

C. Ang Pamamaraan ng Pagsasakatotohanan sa Katarungan

Naisasakatotohanan ang katarungan sa pamamagitan ng isang bilang ng mga bagay-bagay, na kabilang sa mga ito:

Ang pagpapatupad sa mga patakarang pambatas na napagtibay sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito at ang pagwaksi ng pagtatangitangi sa pagitan ng mga tao.

Ang paghusga sa mga tao ayon sa katarungan sa sandali ng hidwaan.

Ang pangamba kay Allāh at ang kaalaman na Siya ay gaganti sa tagalabag sa katarungan sa Araw ng Pagbangon.

D. Ang mga Kainaman ng Katarungan

Ang katarungan ay isang makadiyos na utos na ipinag-utos ni Allāh sa bawat bagay sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَنِ)

{Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda,} (Qur'ān 16:90)

Nag-utos Siya ng paghatol ayon sa katarungan sa mga tao sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تُؤَدُّوا الْأَمَانَاتِ إِلَىٰ أَهْلِهَا وَإِذَا حَكَمْتُمْ بَيْنَ النَّاسِ أَنْ تَحْكُمُوا بِالْعَدْلِ إِنَّ اللَّهَ نِعِمَّا يَعِظُكُمْ بِهِ)

{Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito. Kapag humatol kayo sa pagitan ng mga tao, humatol kayo ayon sa katarungan. Tunay na si Allāh ay kay inam ng ipinangangaral sa inyo! Tunay na si Allāh ay laging Madinigin, Nakakikita.} (Qur'ān 4:58)

Ang katarungan ay isang kadahilanan sa kaligtasan mula sa kahihinatnan ng kawalang-katarungan sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَلَا تَحْسَبَنَّ اللَّهَ غَفْلًا عَمَّا يَعْمَلُ الظَّالِمُونَ إِنَّمَا يُؤَخِّرُهُمْ لِيَوْمٍ تَشْخَصُ فِيهِ الْأَبْصَارُ)

{Huwag ka ngang mag-akalang si Allāh ay nalilingat sa anumang ginagawa ng mga tagalabag sa katarungan. Nag-aantala lamang Siya sa kanila para sa isang araw na mapatitig doon ang mga paningin.} (Qur'ān 14:42)

Ang katarungan ay isang kadahilanan sa pagsasakatotohanan sa katiwasayan at estabilidad sa lipunan at pagkatiwasay ng mga tao sa buhay nila.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at pipili ako.

Nagsabi si Allāh sa banal na ḥadīth: **"O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa**

katarungan." (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2577.)

Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng ipinahihiwatig ng sumusunod na ḥadīth:

Ang katarungan ay kabilang sa mga katangian ni Allāh. ()

Ang sinumang hindi lumalabag sa katarungan sa mga tao ay lalabagin sa katarungan. ()

Si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan na kasimbigat ng isang katiting. ()

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at tutugon ako.

Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagkawangga sa akin ang ama ko ng bahagi ng ari-arian niya kaya nagsabi ang ina kong si `Amrah bint Rawāḥah: "Hindi ako nalulugod hanggang sa magpāsaksi ka sa Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan)." Kaya pumunta ang ama ko sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) upang magpasaksi sa kanya sa kawanggawa sa akin. Nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Gumawa ka ba nito sa mga anak mo sa kabuuan nila?" Nagsabi ito: "Hindi po." Nagsabi siya: "Mangilag kang magkasala kay Allāh at magmakatarungan ka sa mga anak

mo.” Kaya umuwi ang ama ko saka binawi niya ang kawanggawang iyon.} (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2587 at Imām Muslim: 1623.)

Makipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pag-intindi sa ḥadīth, pagkatapos tugunin mo ang sumusunod:

Linawin mo ang kaugnayan ng ḥadīth na ito sa paksa ng aralin.

Ipaliwanag mo ang mahihinuha mula sa ḥadīth?

Aktibidad 3: Magpapahayag ako.

Hindi nawawalan ang isang tao ng pagkasadlak sa kawalang-katarungan o pagdanas nito. Magsaalaala ka ng isang pangyayaring nagsisi ka roon dahil sa paglabag sa katarungan sa iba sa iyo, pagkatapos mag-ukol ka ng isang liham sa sinumang nilabag mo sa katarungan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagparusa sa tagalabag ng katarungan ay kabilang sa mga anyo ng:

(katarungan - kawalang-katarungan - kabulaanan).

Ang pagtatangi-tangi sa mga tao dahil sa nasyonalidad nila o kulay nila ay kabilang sa mga anyo ng:

(katarungan - katotohanan - kawalang-katarungan).

Kabilang sa mga kaparaanan ng pagsasakatotohanan sa katarungan:

(ang pangamba kay Allāh - ang pagtangga sa Shari`ah - ang pagtatangi-tangi sa mga tao).

Kapag nakita ko ang kapatid ko na nangangaway sa kaklase niya, tunay na ako ay:

(pipigil sa kanya - aalalay sa kanya - mag-iiwan sa kanya at lilisan.

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Ang paghatol ng pabor sa mga kamag-anak kahit pa sila ay nasa mali ay bahagi ng mga aspeto ng pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak.

Ang pagpapatupad ng mga takdang parusa ay nauuwi sa paglipana ng mga krimen.

Ang katarungan ay sa mga Muslim hindi sa mga iba.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang pinaiksing pagbibigay-kahulugan sa katarungan.

Magsulat ka ng isang patunay sa pagkakinakailangan ng katarungan sa mga tao.

Ang Larangan ng Pag-aanyaya

Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Pagpapayo

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng pagpapayo;

makahango ka ng patunay sa katayuan ng pagpapayo;

makapaghulo ka ng epekto ng pagpapayo sa lipunan;

makapagsadamdamin ka sa pagkakailangan ng pagpapayo.

Ang pagpapayo ay isa sa mga karapatan ng Muslim sa kapatid niyang Muslim at ito ay isang patunay sa pag-ibig niya. Ito ay may dakilang

katayuan sa Relihiyong Islām at malaking epekto sa paglaganap ng pag-ibig at pagtutulungan sa lipunan.

A. Ang Konsepto ng Pagpapayo

Ang pagpapayo ay ang pagnanais ng kabutihan sa pinapayuhan, ang pag-aanyaya sa kanya tungo sa may kaayusan, at ang pagsaway sa may katiwalian.

B. Ang Katayuan ng Pagpapayo

Ang Katayuan ng Pagpapayo

Ang Relihiyon ay ang Pagpapayo

Ang Gawain ng mga Propeta

Ang Pagsasaayos ng Lipunan

Ang Daan ng Kaligāyahan

Ang Pagpapayo ay Pakikibaka

Pangangalaga Laban sa Pagdurusa

Ang Relihiyon ay ang pagpapayo:

Inangat ng Islām ang pumapatungkol sa pagpapayo sapagkat ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng pananatili ng Relihiyong Islām at paglaganap nito, hanggang sa ginawa ito ng Propeta na siyang ang Relihiyon sapagkat nagsabi siya: **"Ang Relihiyon ay ang pagpapayo."** Nagsabi kami: **"Alang-alang kanino po?"**

Nagsabi siya: "Alang-alang kay Allāh, alang-alang sa Aklat Niya, alang-alang sa Sugo Niya, at alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim at madla nila." Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 55. Nasa sumusunod ang paglilinaw niyon:

Ang pagpapayo ay gawain ng mga propeta:

Ang mga propeta ay ang pinakamaawain sa mga nilikha. Dahil doon, hindi sila nagpalampas ng isang kabutihan malibang gumabay sila sa mga tao nito tungo roon at hindi sila nagpalampas ng isang kasamaan malibang nagbigay-babala sila laban doon. Nagsasabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Tunay walang anumang bagay na naglalapit sa inyo mula sa Paraiso at nagpapalayo sa inyo mula sa Impiyerno malibang ipinag-utos ko nga sa inyo at walang anumang bagay na naglalapit sa inyo mula sa Impiyerno at nagpapalayo sa inyo mula sa Paraiso malibang sinaway ko nga sa inyo."** Nagsalaysay nito si Imām `Abdurrazzāq: 34332.

Ang pagpapayo ay daan ng pagsasaayos ng lipunan.

Ang layon ng pagpapayo ay maliwanag sa sabi ni Propeta Shu`ayb (sumakanya ang pangangalaga):

(إِنْ أُرِيدُ إِلَّا الْإِصْلَاحَ مَا اسْتَطَعْتُ)

{Hindi ako nagnanais kundi ng pagsasaayos sa abot ng nakaya ko.} (Qur'ān 11:88)

Kaya naman ang pagpapayo ay landas ng pagpapalaganap ng kainaman at mga kaasalan at pagpigil ng katiwalian sa gitna ng mga anak ng lipunan.

Ang pagpapayo ay daan ng kaligāyahan sa Mundo at Kabilang-buhay:

Ang kaligtasan mula sa pagkalugi ay hindi naisasakatotohanan nang walang pagpapayo, pagtatagubilinan ng katotohanan, at pagtitiis. Nagsabi si Allāh:

(وَالْعَصْرِ 1 إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ 2 إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَّصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَّصَوْا بِالصَّبْرِ 3)

{1. Sumpa man sa panahon,

2. tunay na ang tao ay talagang nasa isang pagkalugi,

3. maliban sa mga sumampalataya, gumawa ng mga maayos, nagtagubilinan ng katotohanan, at nagtagubilinan ng pagtitiis.} (Qur'ān 103:1-3)

Ang pagpapayo ay kabilang sa mga uri ng pakikibaka:

Ang sinumang gumanap ng pagpapayo samantalang siya ay walang-kakāyahan sa pakikibaka, para bang nakibaka siya. Nagsabi si Allāh:

(لَيْسَ عَلَى الضُّعَفَاءِ وَلَا عَلَى الْمَرْضَى وَلَا عَلَى الَّذِينَ لَا
يَجِدُونَ مَا يُنْفِقُونَ حَرَجٌ إِذَا نَصَحُوا لِلَّهِ وَرَسُولَهُ مَا عَلَى
الْمُحْسِنِينَ مِنْ سَبِيلٍ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ)

{Hindi pagkaasiwa sa mga mahina, ni sa mga may-sakit, ni sa mga hindi nakatatagpo ng igugugol nila kapag nagpakatapat sila kay Allāh at sa Sugo Niya. Wala sa mga tagagawa ng maganda na anumang daan [para masisi]. Si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.} (Qur'ān 9:91)

Ang pagpapayo ay pangangalaga laban sa pagdurusa:

Ang pagkakaloob ng payo ay kabilang sa mga uri ng pagsasaayos na naiibigan ni Alalh at inaangat Niya sa pamamagitan nito ang pagsubok at ang parusa. Nagsabi si Allāh:

(وَمَا كَانَ رَبُّكَ لِيُهِلِكَ الْفَرَىٰ بِظُلْمٍ وَأَهْلُهَا مُصْلِحُونَ)

{Hindi nangyaring ang Panginoon mo ay ukol magpahamak ng mga pamayanan dahil sa kawalang-katarungan samantalang ang mga mamamayan ng mga ito ay mga tagapagsaayos.}
(Qur'ān 11:117)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at tutugon ako.

Makilahok ka sa tagapagturo mo at mga kaklase mo sa pagtalakay sa pamamaraan ng pagpapayo alang-alang kay Allāh, alang-alang sa Aklat Niya, alang-alang sa Sugo Niya, at alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim at madla nila.

Alang-alang kanino ang Pagpapayo? Magiging papaano ito?

Ang Pagpapayo Alang-alang kay Allāh: Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Allāh, pagkakaila ng katambal para sa Kanya, at pagpapawagas ng gawin alang-alang sa Kanya.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Aklat ni Allāh: Sa pamamagitan ng pananampalataya na ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh, paggawa ayon dito, pagkatuto nito, at pagtuturo nito.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Sugo: Sa pamamagitan ng pananampalataya sa inihatid ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan), pag-ibig sa kanya, paggawa ayon sa Sunnah niya, at pagpapalaganap nito sa gitna ng mga tao.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa mga Pinuno ng mga Muslim: Sa pakikipagtulungan sa kanila sa katotohanan, pagtalima sa kanila rito, at pag-uutos nila ayon dito.

Ang Pagpapayo Alang-alang sa Madla ng mga Muslim. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa kanila, pagganap ng mga karapatan nila, at pagpayo sa kanila.

Aktibidad 2: Mag-aanalisa ako at maghuhulo ako.

Nasaad sa Marangal na Qur'ān ang pagpayo ni Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) sa anak niya. Nagsabi si Allāh:

(وَنَادَى نُوحٌ ابْنَهُ وَكَانَ فِي مَعْزِلٍ يُبْنِيَّ ارْكَبْ مَعَنَا وَلَا تَكُنْ مَعَ الْكَافِرِينَ 42 قَالَ سَأُوبِي إِلَىٰ جَبَلٍ يَعْصِمُنِي مِنَ الْمَاءِ قَالَ لَا عَاصِمَ الْيَوْمَ مِنْ أَمْرِ اللَّهِ إِلَّا مَنْ رَحِمَ وَحَالَ بَيْنَهُمَا الْمَوْجُ فَكَانَ مِنَ الْمُغْرَقِينَ 43)

{42. Ito ay naglayag lulan sila sa mga alon na gaya ng mga bundok. Nanawagan si Noe sa anak niya habang ito ay nasa pinaglayuan [nito]: “O anak ko, sumakay ka kasama sa amin at huwag kang maging kabilang sa mga tagatangging sumampalataya.”

43. Nagsabi ito: “Kakanlong ako sa isang bundok na magsasanggalang sa akin laban sa tubig.” Nagsabi siya: “Walang tagapagsanggalang sa araw na ito laban sa pasya ni Allāh maliban sa kinaawaan Niya.” Humarang sa pagitan nilang dalawa ang mga alon, kaya ito ay naging kabilang sa mga nalunod.} (Qur'ān 11:42-43)

Sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng pangyayari na inilahad ng mga āyah at pagkakaugnay niyon sa aralin, tugunin mo ang sumusunod:

Ipaliwanag mo ang kahalagahan ng pagpapayo at pagkakailangan nito.

Nagsikap si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) para sa kaligtasan ng anak niya kaya nagpayo siya rito na iwaksi ang kawalang-pananampalataya at sumakay sa daong. Kung sakaling tumugon ang anak, talaga sanang naligtas ito sa kasawian subalit ito ay sumalungat sa ama nito at hindi tumanggap ng payo niya kaya nalunod ito at nasawi ito kasama ng mga tagatangging sumampalataya.

Ano ang mga araling mahihinuha mula sa kuwento?

Ang paghahain ng payo sa mga tao at ang pagsisigagis sa kaligtasan nila.

Ang pagtanggap ng payo at ang hindi pagpapabaya rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagpapayoy ay kabilang sa mga pundasyon ng Islām at mga basehan nito. (✓)

Tinanggap ng anak ni Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) ang payo ng ama niya. (X)

Natatangi ang pagpapayoy sa mga nauukol sa relihiyon.

Ang pagpapayo ay isang paglabag sa mga karapatan ng mga ibang tao. (X)

Ang pagpapayo ay pakikibaka sa landas ni Allāh. (✓)

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na ḥadīth:

Nagsabi ang Propeta (s): "**Ang Relihiyon ay**" Nagsabi kami: "**Alang-alang kanino po?**" Nagsabi siya: "**Alang-alang kay Allāh,, alang-alang sa Sugo Niya, ng mga Muslim at madla nila.**"

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Bigyang-pakahulugan ang pagpapayo.

Papaanong naisasakatotohanan ang pagpapayo alang-alang sa madla ng mga Muslim?

Maghulo ka ng kahalagahan ng pagpapayo sa pagpapalaganap ng kabutihan sa lipunan.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makahango ka ng patunay sa mga etiketa ng pagpapayo;

makapag-ugnay ka sa pagitan ng mga etiketa ng pagpapayo at pagtanggap rito;

makapag-isa-isa ka sa mga etiketa ng pinapayuhan;

makapagsadamdamin ka sa pagkakailangan ng mga etiketa ng pagpapayo;

makasunod ka sa mga etiketa ng pagpapayo.

Magkaminsan, hindi tinatanggap ang pagpapayo dahilan sa kasagwaan ng paraan ng paghaharap nito o dahil sa pagkapili ng oras na hindi nababagay. Sa araling ito, matututuhan natin ang mga etiketa ng pagpapayo nang sa gayon makapagsakatotohanan ka sa mga layon nito at makinabang ang individuwal at ang lipunan dito.

A. Ang mga Etiketang Natatangi sa Tagapagpayo

Ang mga Etiketa ng Tagapagpayo

Ang Pagpapakawagas

Ang Pagtitiis

Ang Pagkamapagkakatiwalaan

Ang Kabaitan

Ang Kalihiman

Ang Pagkaawa

Ang Gawain

Ang Kaalaman

Ang Fiqh

Ang Pagpapakawagas. Kinakailangan sa tagapagpayo na magpakay sa pagpapayo niya ng pagkalugod ng mukha ni Allah, pagkatapos ay kapakinabangan ng mga tao.

Ang pagtitiis ay dahil ang tagapagpayo ay marahil mahahantad sa perhuwisyo o mangangailangan ng pag-uulit-ulit ng pagpapayo at pagsubaybay sa pinapayuhan.

Ang pagkamapagkakatiwalaan at ang pagkakaloob ng pagpupunyagi sa pagpaparating ng payo sa isang mabuting paraan.

Ang kabaitan sa pinapayuhan at ang pagwaksi sa karahasan at kagaspangan bilang pagtulad sa Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan). Nagsabi si Allāh:

فَبِمَا رَحْمَةٍ مِّنَ اللَّهِ إِنَّتَ لَهُمْ وَلَوْ كُنْتَ فَظًا غَلِيظَ الْقَلْبِ لَأَنفَضُوا
مِنْ حَوْلِكَ

{Kaya dahil nga sa awa mula kay Allāh ay nagbanayad ka sa kanila. Kung sakaling ikaw ay

naging isang mabagsik na magaspang ang puso ay talaga sanang nagkahiwa-hiwalay sila mula sa paligid mo.} (Qur'ān 3:159)

Ang kalihiman sa paghahain ng payo nang sa gayon hindi magdahilan sa pinapayuhan ng pagkaasiwa o eskandalo.

Ang pagkaawa sa pinapayuhan at ang pagsisigasig sa kapakanan niyang panrelihiyon at pangmundo.

Ang paggawa ng tagapagpayo ng ipinapayo niya sa iba, nang sa gayon siya ay maging tinutularang praktikal ng pinapayuhan.

Ang kaalaman at ang pagkakaalam sa ipinapayo nang sa gayon hindi ito magsilbing dahilan sa isang katiwalian o isang perhuwisyo para sa pinapayuhan.

Ang pagsasaalang-alang sa kalagayan ng pinapayuhan at ang pagpili ng oras na nababagay upang tumanggap ito ng payo.

B. Ang mga Kaasalang Natatangi sa Pinapayuhan

Ang mga Kaasalan ng Pinapayuhan

Ang Pagpapakatiyak sa Katumpakan ng Payo

Ang Pagtanggap sa Payo

Ang Paggawa Ayon sa Payo

Ang Pagpapakatiyak sa Katumpakan ng Pananalita ng Tagapagpayo

Kapag ang payo ay hindi nililitawan ng kabutihan o naglalaman ng isang kataka-takang bagay o namutawi mula sa isang taong hindi napagtitiwalaan, kinakailangan sa pinapayuhan ang manigurado sa katumpakan nito.

Ang Pagtanggap ng Payo at ang Hindi Pagpapakamalaki

Ang pagtanggap sa payo ay kabilang sa mga palatandaan ng pagmamalaki. Ito ay pumipigil sa kabutihan sa tao. Nasaad sa ḥadīth: **{Kumain ang isang lalaki sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya sa piling ng Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo." Kaya nagsabi ang lalaki: "Hindi ko nakakaya." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan): "Hindi mo nawa makaya." Walang pumigil sa kanya kundi ang pagmamalaki kaya hindi siya nakapag-angat nito papunta sa bibig niya.}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2021.)

Ang Paggawa Ayon sa Payo: Matapos ng pagtanggap ng payo, nararapat sa pinapayuhan na

magsakatuparan nito sa isang praktikal na reyalidad.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghuhulo ako.

Maghulo ka mula sa mga sumusunod na teksto ng mga etiketa ng pagpapayo:

Ang Teksto Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

Nagsabi si Luqmān sa anak niya:

(يُنْيِي أَقِمِ الصَّلَاةَ وَأْمُرْ بِالْمَعْرُوفِ وَأَنْهَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَأَصْبِرْ
عَلَى مَا أَصَابَكَ)

{O anak ko, magpanatili ka ng pagdarasal, mag-utos ka ng nakabubuti, sumaway ka ng nakasasama, at magtiis ka sa anumang tumatama sa iyo; tunay na iyon ay kabilang sa pinagpapasyahan sa mga usapin.} (Qur'ān 31:17)

Ang Kabaitan at ang Kabanayaran

Nagsabi ang mananampalataya ng angkan ni Paraon:

(وَيَقُومَ مَا لِي أَدْعُوكُمْ إِلَى النَّجْوَةِ وَتَدْعُونَنِي إِلَى النَّارِ)

{O mga kababayan ko, ano ang mayroon ako na nag-aanyaya ako sa inyo tungo sa kaligtasan samantalang nag-aanyaya kayo sa akin tungo sa Apoy?} (Qur'ān 40:41)

Ang Pag-aanyaya Tungo sa Kabutihan at ang Pakikiramay sa Pinapayuhan

Nagsabi si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) sa mga tao niya:

(وَيَقَوْمَ لَا أَسْأَلُكُمْ عَلَيْهِ مَالًا إِنِّي أَجْرِي إِلَّا عَلَى اللَّهِ)

{O mga tao ko, hindi ako humihingi sa inyo dahil doon ng isang yaman; walang pabuya sa akin kundi nasa kay Allāh.} (Qur'ān 11:29) Ang Pagpapakawagas

Nagsabi si Al-Fuḍayl bin `Iyād (kaawaan siya ni Allāh): **"Ang mananampalataya ay nagtatakip at nagpapayo. Ang masamang-loob ay nagbubunyag at nanlalait."**

Ang Pagtatakip at ang Kalihiman

Aktibidad 2: Makikinig ako at magbubuod ako.

Makinig ka sa video clip na ito, pagkatapos magbuod ka ng pinakamahalaga sa mahihinuha mula rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang sabi ni Propeta Shu`ayb (sumakanya ang pangangalaga):

(إِنْ أُرِيدُ إِلَّا الْإِصْلَاحُ مَا اسْتَطَعْتُ)

{Hindi ako nagnanais kundi ng pagsasaayos sa abot ng nakaya ko.} ay nagpapahiwatig ng:

(layon ng pagpapayo - oras ng pagpapayo - paraan ng pagpapayo).

Mahihinuha mula sa sabi ni Al-Fuḍayl (kaawaan siya ni Allāh): "Ang mananampalataya ay nagtatakip at nagpapayo":

(ang pananahimik sa mga nakasasama - ang paghahain ng payo sa masamang-loob - ang paglilihim sa pagpapayo).

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(وَإِذَا قِيلَ لَهُ اتَّقِ اللَّهَ أَخَذَتْهُ الْعِزَّةُ بِالْإِثْمِ)

{Kapag sinabi sa kanya: “Mangilag kang magkasala kay Allāh,” tumatangay sa kanya ang kapalaluan dahil sa kasalanan.} (Qur'ān 2:206) ay nagpapahiwatig ng:

(pagmamarangal sa pagpapayo - pagpapakamalaki sa pagpapayo - pagtanggap ng pagpapayo).

PANUTO 2: Asahan mo ang resulta ng mga sumusunod na pagpapayo kasama ng pagbanggit sa kadahilanan ng inaasahan mo.

Ang Payo Ang Resultang Inaasahan
Tinatanggap Hindi Tinatanggap

Ang Kadahilanan

Isang binatang nagpapayo sa kaklase niya na iwan ang mga bawal na gamot sa isang malakas na tinig sa harapan ng mga tao.

Isang guro na nagpapayo sa mag-aaral niya ng pagsisipag sa pagrerepaso.

Isang manggagamot na naninigarilyo, na nagpapayo sa isang pasyente na tumigil sa paninigarilyo.

Isang binatang tumatalima sa mga magulang niya, na nagpapayo sa kapatid niya ng pagsasamabuting-loob sa mga magulang.

Isang empleyadong nagpapayo sa manager niya sa trabaho sa harapan ng mga manggagawa.

PANUTO 3: Magbuod ka ng mga etiketa ng pinapayuhan.

Paunang Salita

Ang papuri ay ukol kay Allāh na lumikha ng tao, nagparangal dito sa pamamagitan ng kaalaman at pagpapahayag, at naglatag ng katwiran dito sa pamamagitan ng Sunnah at Qur'ān. Ang basbas

at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad, sa mag-anak niya, mga mararangal na Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula, tunay na ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa pinakadakila sa kinakailangan sa tao bago ng paggawa. Nagsabi si Allāh:

(فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ
۝ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُمْ وَمَثْوَاكُمْ)

{Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allāh at humingi ka ng tawad para sa pagkakasala

mo at para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya. Si Allāh ay nakaaalam sa ginagalawan ninyo at tuluyan ninyo.}

(Qur'ān 47:19)

Ang kaalamang pang-Shari`ah ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Kalipunang ito at kabilang sa pinakamahalaga sa mga sangkap ng maka-Islām na personalidad.

Sa pagsisimula sa kahalagahan ng kaalamang umusbong mula rito ang misyon ng Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rawḍah sa pag-aanyaya sa mga tao sa Islām sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda at pagbibigay-kamalayan sa mga Muslim sa mga nauukol sa Relihiyon nila sa pamamagitan ng mga programa ng pagtuturo sa mga nangibang-bayan at relihiyosong pagsasanay sa kanila. Kabilang sa mga ito ang Proyektong "Magpaunawa ka sa akin ng Relihiyon ko" na nagbibigay ng mga seminar panrelihiyon para sa mga nangibang-bayan sa pitong wika. Sa paghahangad ng pag-angat ng proyektong ito, nakipag-ugnayan ang Kapisanan sa kompanyang Basaer para sa mga Pagsangguning Pang-edukasyon. Ito ay

espesyalisado sa pagbuo ng mga kurikulum ng Islāmikong edukasyon. Nagkaroon ng kasunduan sa pagbuo ng dokumento ng kurikulum na ito batay sa mga impormasyong ipinapasok ng Kapisanan, pagkatapos inakdaan ang aklat ng tagapagturo alinsunod sa mga tinakdaang nibel.

Ang Unang Nibel: Naglalaman ng 40 Aralin

Ang Ikalawang Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Ang Ikatlong Nibel: Naglalaman ng 30 Aralin

Tinatapatan ang bawat aklat ng estudyante ng isang gabay para sa tagapagturo, na tutulong dito sa paglalahat ng aralin sa paraang pampagtuturo at pang-edukasyong aktibo. Talaga ngang dumaan ang mga operasyon ng pagpapaunlad ng dokumento ng silabus at ang pag-aakda ng mga aklat ng mga mag-aaral at mga gabay ng mga tagapagturo ng mga yugto ng makaagham na paghahanda at eksaktong pagrerepaso, na isinagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista sa mga kurikulum ng pagtuturong pang-Islām.

Sa pagwawakas, humihiling kami kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng gawaing ito sa Islām at mga Muslim at tumumbas siya ng kabutihan at Paraiso sa bawat lumahok sa paglathala ng magandang produkto. Tumatanggap kami ng mga mungkahi ninyo at mga ideya ninyong pampagpapaunlad hinggil sa silabus na pampagtuturo sa pamamagitan ng pakikipag-

ugnayan sa mga social media account at mga numero ng mga telepono ng kapisanan.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad at ng mga Kasamahan niya.

Ang Kapisanan ng Pag-aanyaya sa Rawḍah

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at sa mag-anak niya at Kasamahan niya sa kalahatan.

Sa pagsisimula:

Nasa harapan mo, mahal kong mag-aaral, ang Unang Aklat mula sa mga kurikulum – ang mga kurikulum pampagtuturong ito na naglalayon na magturo sa Muslim ng kinakakailangan niya sa Relihiyon niya, magtatag ng isang maka-Islām na matatag na edukasyon, at magbuo ng personalidad ng mag-aaral alinsunod sa kurikulum na pang-edukasyong pang-Islām.

Naisagawa na ang paghahari sa aklat sa mga yunit pampagtuturong sinarisari ayon sa mga larangan ng pag-aaral panrelihiyon, gaya ng sa sumusunod:

- Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan.
Naglalaman ito ng paglilinaw para sa mga etiketa

ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān, pinaiksing pagpapakahulugan sa ilan sa maiikling sūrah, kalakip ng paghango ng pinakamahalaga sa mga katuturang pangkaalaman at pang-edukasyon mula sa mga talata ng Qur'ān.

- Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak. Tinatalakay nito ang mga tagasira ng Tawhīd: ang Kufr, ang Shirk, ang Nifāq, at ang Riddah, kasama ng paglilinaw sa pinakamahalaga sa mga anyo ng mga ito at pagbibigay-babala laban sa mga ito. Tinatalakay rin nito ang kahalagahan ng pagbubusilak sa sarili at ang mga paraan ng pagsasakatotohanan sa pagbubusilak at ang pinakamahalaga sa mga gawain ng mga puso.

- Ang Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta. Dito ay may isang pagbibigay-linaw sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan sampu ng mag-anak niya at mga Kasamahan niya), kasama ng pagbibigay-babala laban sa pagpapasidhi at pagkasuklam sa karapatan nila, pagkatapos may isang pag-aaral ng lima sa mga ḥadīth na sumasaklaw tungkol sa kahalagahan ng layunin, pagkakinakailangan ng pagpapakawagas dito, katapatan ng pakikipagsunuran sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at paghimok sa pag-iingat sa mga karapatan ni Allāh, pananampalataya sa pagtatadhana Niya at pagtatakda Niya, at pagpapakatuwid sa pagtalima sa kanya, at

pagwaksi sa kalabisan at pagpapakaabala sa anumang hindi mapakikinabangan sa Mundo at Kabilang-buhay.

- Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakarán. Naglalaman ito ng isang pagbubuod ng pinakamahalaga sa mga patakarán ng mga transaksyon, pamilya, at mga pagkain, lalo na.

Ang mga patakarán ng pagtitinda at pagpapaupa, ang mga patakaan ng pag-aasawa at diborsiyo, at ang mga patakarán ng mga pagkain at mga inuming ipinagbabawal.

- Ang Yunit ng Pag-aanyaya. Dito ay may paghimok sa pagsasagawa sa tungkulin ng pag-aanyaya tungo kay Allāh, may pagbubuod ng tuntunin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya tungo kay Allāh, may paglilinaw sa katayuan ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway ng nakasasama, at may pagbibigay-linaw sa mga etiketa rito upang ang mag-aaral ay nasa pagkatalos sa mga aspetong teoretikal at praktikal na nakakapit para sa pagsasagawa ng pag-aanyaya sa pamilya niya at lipunan niya.

Nagsikap nga kami sa pagpapalabas sa mga aklat na ito sa isang anyong umaalinsunod sa mga saligang pangkaalaman at mga sukatang pang-edukasyong makabago. Nagsaalang-alang kami

sa paghahanda sa mga ito ng sumusunod:

Ang pagsisimula ng mga aralin - kapag humihiling ang pangangailangan niyon - sa pamamagitan ng isang pagpapaumpisang pupukaw sa pagpapahalaga sa aralin.

Ang paglalagay ng mga pigura at mga tsart ng mga konsepto na tutulong sa iyo sa pag-unawa ng nilalamang pangkaalaman.

Naglalaman ito ng mga aktibidad na pampagtuturo nang may layunin ng pagsasakatotohanan sa mga layong pang-edukasyon alinsunod sa estratehiya ng pag-aaral na masigla.

Nagsaalang-alang nga kami sa mga ito ng sumusunod:

Ang integrasyon ng mga ito kasama ng nilalaman sa pagsasakatotohanan sa mga layon ng aralin kasama ng pagkakaugnay ng mga ito sa kalikasan ng asignatura.

Ang pagpapalago ng mga aspeto ng personalidad mo at mga magkakaiba-ibang kasanayan.

- Ang pagkasarisari sa pamamaraan ng pagpapatupad nito sa pagitan ng pang-individuwal at panlipunan, ang pagkasarisari ng lugar ng pagpapatupad nito sa loob at labas ng klase,

at ang pagkasarisari ng mga anyo nito sa pagitan ng aktibidad na pansulat, pansalita, pangkilos, at pang-isip.

Ang paglalagay ng mga tanong ng pagtatasa (assessment) sa katapusan ng bawat aralin upang sulitin ang saklaw ng pagkaunawa sa aralin at pagsasakatotohanan sa mga layon nito.

Tunay na kami, yayamang naghain kami sa iyo ng aklat na ito, ay umaasa kami na ito ay maging isang tagapagsakatotohanan ng pinagpunyagian namin na kadalian ng asignaturang akademiko, kaliwanagan ng pamamaraan

ng pamamaraan ng paglalahad, pagkaaktibo ng mga aktibidad, at pagkamasaklaw ng pagtatasa (assessment).

Dumadalangin kay Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng mga ito sa mga tagapaghanap ng kaalaman at tumanggap Siya mula sa amin, tunay na Siya ay ang Madinigin, ang Maalam.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya nang sama-sama.

Basaer Educational and Instructional Consultancy

Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan

Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at Pagtuturo Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng kahalagahan ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito;

makapagsaulo ka ng isang marangal na ḥadīth tungkol sa kainaman ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito;

magtuon ka sa pagkatuto ng Marangal na at pagtuturo nito.

Pagpapaumpisa

Ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān ay isang pagsamba at isang pampalapit-loob kay Allāh. Mayroon itong mabigat na gantimpala. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan): **{Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik.}**
(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 2910.)

Kaya kapag ito ay ang gantimpala ng pagbabasa ng Marangal na, , tunay na ang gantimpala ng pagkatuto nito at pagtuturo nito ay higit na mabigat. Ito ay ang pag-aaralan natin sa araling ito.

Ang Kahalagahan ng Pagkatuto ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān

Kinakailangan sa bawat Muslim na matuto ng pagbigkas ng Sūrah Al-Fātiḥah dahil ang ṣalāh ay hindi matutumpak malibang sa pamamagitan nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Walang ṣalāh sa sinumang hindi bumigkas ng Pambungad ng Aklat.}**
(Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 756 at Imām Muslim: 394.)

Nararapat sa Muslim na magsigasig sa pagkatuto ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān at magsumikap sa pag-intindi ng mga kahulugan nito. Nagsabi si Allāh:

(كُتِبَ أَنْزَلْنَاهُ إِلَيْكَ مُبْرَكًا لِيَذَّبَرُوا ءَايَاتِهِ وَلِيَتَذَكَّرَ أُولُوا الْأَلْبَابِ)

{[Ito ay] isang pinagpalang Aklat na pinababa Namin sa iyo upang magmuni-muni sila sa mga talata nito at upang magsaalaala ang mga may isip.} (Qur'ān 38:29)

Ito ay dahil hindi maaari ang pagpapatupad ng mga patakaran ng Marangal na Qur'ān at paggawa ayon dito maliban sa pamamagitan ng pagkatuto ng pagbabasa nito, pag-intindi rito, pagmumuni-muni rito.

Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān

Tunay na ang pagkatuto ng Marangal na Qur'ān ay may mabigat na gantimpala sa Kabilang-buhay. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Ang mahusay sa Qur'ān ay kasama ng mga tagapagtalang mararangal na mabubuting-loob. Ang bumibigkas ng Qur'ān at nauutal dito habang siya rito ay nahihirapan ay may dalawang pabuya.}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 798.)

Ang mga tagatala ay ang mga anghel. Ang ibig sabihin ng dalawang pabuya ay ang pabuya sa pagbigkas at ang pabuya sa hirap.

Nangako ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga nagtitipon para matuto ng Marangal na Qur'ān at mag-aralan nito ng mga kainamang kapita-pitagan. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang nagtipong mga tao sa isang bahay na kabilang sa mga bahay ni Allāh – habang bumibigkas sila ng Aklat ni Allāh at nag-aaralan sila nito sa isa't isa sa kanila – malibang bababa sa kanila ang kapanatagan, babalot sa kanila ang awa, papaligid sa kanila ang mga anghel, at babanggit sa kanila si Allāh sa sinumang nasa piling Niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2699.)

Ang Kainaman ng Pagtuturo ng Marangal na Qur'ān

Talaga ngang nagkaloob si Allāh sa sinumang nag-aaral ng Marangal na Qur'ān at nagtuturo nito sa mga ibang tao ng isang mataas na antas. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang natuto ng Qur'ān at nagtuturo nito.}** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 5027.

Kabilang doon na ang gantimpala sa tagapagturo ng Marangal na Qur'ān ay mag-iibayo sa Kabilang-buhay. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Ang sinumang nagturo ng isang talata mula sa**

Aklat ni Allāh, mapasasakanya ang gantimpala rito sa pagkabigkas nito.} (Kanz Al-`Ummāl: 28887)

Kaya kailangan sa iyo, kapatid kong mag-aaral, ang magsumikap sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān, matuto nito, at magturo nito sapagkat nagsabi nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang naglilinaw sa katayuan ng tagatangkilik ng Qur'ān sa Araw ng Pagbangon: **"Sasabihin sa alagad ng Qur'ān: Magbasa ka, umangat ka, at bumigkas ka gaya ng ikaw dati ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang katayuan mo ay nasa ganang kahulihuhilang talatang bibigkasin mo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1464 at Imām At-Tirmidhīy: 2914.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagdayalogo ako sa mga kaklase ko/

Nagkasarisari ang mga kaparaanan ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān sa panahong ito. Sa pamamagitan ng pakikipagdayalogo kasama ng mga kaklase mo, takdaan mo ang mga kaparaanang mayroon para sa pagkatuto ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at magmumungkahi ako.

Lumawak ang kontemporaryong teknolohiya at nagkasisari ang mga kaparaanan nito. Takdaan mo ang pinakamainam sa mga teknolohiyang naaangkop para sa pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at magmungkahi ka ng isang kaparaanan ng teknolohiyang inaasahan mo na ito ay hindi nagamit hanggang sa ngayon.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagkatuto ng Sūrah Al-Fātiḥah ay kinakailangan sa bawat Muslim.

Ang gantimpala ng pagbabasa ng Marangal na Qur'ān ay natatangi sa mga mahusay sa pagbigkas.

Bumabanggit si Allāh sa mga nag-aaralan ng Marangal na Qur'ān sa kabutihan.

Ang pagninilay-nilay sa Marangal na Qur'ān ay umaalalay sa paggawa ayon dito.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang mga nagtitipon para matuto ng Marangal na Qur'ān ay:

(sinasaklawan ng awa ni Allāh - dinadaluhan ng mga anghel - kapwa nangyayari ang dalawang ito).

Aangat ang tagatangkilik ng Qur'ān sa Paraiso alinsunod sa:

(dami ng yaman niya - dami ng pagbigkas niya ng Qur'ān - haba ng edad niya).

Nagsabi ang Propeta (s): **{Ang sinumang nagturo ng isang talata mula sa Aklat ni Allāh, mapapasakanya ang gantimpala rito}**

(sa pagkabigkas nito - sa hinaba-haba ng buhay niya - kapag naisaulo niya ito).

Magsulat ka ng isang marangal na ḥadīth tungkol sa kainaman ng pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at pagtuturo nito.

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan sa mga āyah ng aralin nang maiksi;

makapaglinaw ka ng mahihinuha mula sa mga āyah ng aralin;

makapagbigay-patunay ka sa kainaman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila);;

makapagsadamdamin ka ng biyaya ng kagaanan ng Batas ng Islām;

makapagpanatili ka ng pagbigkas ng mga āyah ng aralin sa buong gabi.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ (ءَامَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ
وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ ءَامَنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا يَفِرَّقُ بَيْنَ
أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ وَقَالُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ
الْمَصِيرُ (285) لَا يَكْلِفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ
وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِنْ نَسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا رَبَّنَا وَلَا
تَحْمِلْ عَلَيْنَا إَصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِنَا رَبَّنَا وَلَا
تَحْمِلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ وَاعْفُ عَنَّا وَارْحَمْنَا أَنْتَ
مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ (286)

Sa ngalan ni Allah, ang Mahabagin, ang Maawain

{285. Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang

mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan."

286. Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito. Ukol dito ang kinamit nito at laban dito ang nakamit nito. Panginoon namin, huwag Kang magpanagot sa amin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, at huwag Kang magpabuhay sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhay Mo sa mga bago pa namin. Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin,

magpatawad Ka sa amin, at maawa Ka sa amin.
Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-adya
Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging
sumampalataya.}

(Qur'ān 2:285-286)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Sumasaklaw ang dalawang marangal na āyah
na ito sa dalawang bagay:

A. Ang pagsasaksi sa pamamagitan ng
pagpapatotoo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh
at pangalagaan) at mga Kasamahan niya (malugod
si Allāh sa kanila) sa pamamagitan ng mga haligi
ng pananampalataya.

B. Ang Paglilinaw sa pamamaraan ng
pagdalangin kay Allāh (malugod si Allāh sa kanya).

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

﴿ءَاَمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ﴾،

{Sumampalataya ang Sugo sa anumang
pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang
mga mananampalataya [ay gayon din].} Ibig

sabihin: Nagpatotoo ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkasi na ibinaba sa kanya mula kay Allāh at anumang nilaman nito na mga patakaran. Gayon din, nagpatotoo rito ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila).

(كُلُّ ءَامَنٍ بِاللّٰهِ وَمَلٰٓئِكَتِهٖ وَكُتُبِهٖ وَرُسُلِهٖ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ اَحَدٍ مِّنْ رُّسُلِهٖ)،

{Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya.}

Lahat sila ay sumampalataya sa pagkadiyos ni Allāh, sa mga anghel, sa pagpababa ng mga kasulatan, at pagsusugo ng mga sugo. Hindi sila nagtangi-tangi sa mga sugo Niya. Ito ay ikinabubukod ng mga Muslim sapagkat hindi sila gumawa ng gawain ng mga Hudyo at mga Kristiyano na tumangging sumampalataya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

(وَقَالُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ)،

{Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan."}

Nagpahayag sila ng pagtalima nila kay Allāh at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at humingi sila ng kapatawaran ni Allāh sa mga pagkakasala sapagkat tunay na ang uwian ng nilikha sa Kabilang-buhay ay kay Allāh.

لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا
أَكْتَسَبَتْ

{Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito. Ukol dito ang kinamit nito at laban dito ang nakamit nito.}

Pagkatapos nagbalita ng nakagagalak sa atin si Allāh na Siya ay hindi nag-aatang sa isa man maliban ng ayon sa nakakaya nitong gawain. Ukol dito ang ganti rito sa ginawa nito na kabutihan o kasamaan.

Pagkatapos nagtuturo sa atin si Allāh kung papaano tayong mananalangin sa kanya, saka

bumanggit Siya ng walong panalangin, na ang mga ito ay:

(رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِنْ نَسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا)،

{Panginoon namin, huwag Kang magpanagot sa amin kung nakalimot kami o nagkamali kami.}

O Panginoon namin, huwag Kang magparusa sa amin sa sandali ng pagkalimot o pagkakamali.

(رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَا إِصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِنَا)،

{Panginoon namin, at huwag Kang magpabuhat sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin.}

O Panginoon namin, huwag Kang mag-atang sa amin ng mga bagay-bagay na hihirap sa amin ang paggawa ng mga ito, gaya ng nangyari sa ilan mga naunang kalipunan dahilan sa pagmamatigas nila at pagpapakasutil nila.

(رَبَّنَا وَلَا تُحْمِلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ)،

{Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon.}

O Panginoon namin, at huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang walang kakayahang sa amin doon na kaparusahan at mga sigalot.

(وَاعْفُ عَنَّا)،

{Magpaumanhin Ka sa amin,}

Panginoon namin, magpaumanhin Ka sa nagawa namin na pagkukulang.

(وَاعْفِرْ لَنَا)،

{magpatawad Ka sa amin,}

Panginoon namin, burahin Mo ang ginawa namin na mga pagkakasala.

(وَازْهَمْنَا)،

{at maawa Ka sa amin.}

Panginoon namin, magmabuting-loob Ka sa amin ng pagkaawa nang sa gayon hindi kami masadlak sa iba pang pagkakasala.

(أَنْتَ مَوْلَانَا فَأَنْصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ)،

{Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-
adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging
sumampalataya.}

Ikaw, O Panginoon namin, ay
Tagapagtangkilik ng mga nauukol sa amin at ang
Tagapag-adya namin kaya magtakda ka para sa
amin ng pagkakaadya laban sa mga tagatangging
sumampalataya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa dalawang
marangal na āyah:

Ang kadakilaan ng katayuan ng Propeta
(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga
Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila).

Ang Pagkakinakailangan ng Pananampalataya
sa Lahat ng mga Propeta at mga Isinugo

Ang Pagkakinakailangan ng Pagdinig at
Pagtalima kay Allāh at sa Sugo Niya (Basbasan
Niya at Pangalagaan)

Ang Kadalihan ng Batas ng Islām

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at pipili
ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan): **"Ang dalawang āyah mula**

sa hulihan ng Sūrah Al-Baqarah, ang sinumang nagbasa ng dalawang ito sa gabi ay sasapat ang dalawang ito sa kanya." (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3707 at Imām Muslim: 1914.)

Ano ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "sasapat ang dalawang ito sa kanya"?

Sasapat para magsagawa pa ng qiyāmullayl.

Sasapat ang paggawa ayon sa dalawang ito.

Sasapat laban sa bawat kasagwaan at kasamaan.

Ang lahat ng naunang nabanggit.

Ang lahat ng naunang nabanggit.

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Tunay na si Allāh ay nagpalampas nga sa Kalipunan ko ng pagkakamali, pagkalimot, at anumang ipinilit sa kanila."** Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 2043.

Makikipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pagtugon sa dalawang sumusunod na tanong:

Ano ang kaugnayan ng ḥadīth na ito sa mga āyah ng aralin?

Ano ang sangkap na nasasaad sa ḥadīth at hindi nasaad sa mga āyah ng aralin?

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako.

Natutuhan natin mula sa aralin na ang Batas ng Islām ay natatakan ng kadalian at pagpawi ng hirap sa Muslim.

Makikipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa paglilinaw sa mga halimbawa roon mula sa mga patakaran ng ṣalāh, zakah, at pag-aayuno.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Tumalakay ang mga āyah ng aralin ng mga katangian ng mga mapagpaimbabaw. (X)

Ang Muslim ay sumasampalataya sa lahat ng mga propeta at mga sugo. (✓)

Ang mga patakaran ng Batas ng Islām ay mahirap ang pagpatupad sa mga ito. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Mahihinuha mula sa mga marangal na āyah na ang Muslim ay hindi pinapanagot sa:

(pagpapakay - pagsasaalaala - pagkalimot).

Ang ilan sa mga tungkuling iniatang ay mahirap sa mga naunang kalipunan dahilan sa:

(tindi ng kawalang-katarungan nila - lakas ng mga katawan nila - lakas ng pananampalataya nila).

Ang pagbabasa ng huling dalawang āyah ng Sūrah Al-Baqarah ay sasapat sa Muslim para magsagawa pa ng ṣalāh na:

(‘ishā' - witr - qiyāmullayl).

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng kahulugan ng mga sumusunod na pananalita:

(ang kinamit nito - ang nakamit nito - isang pabigat)

PANUTO 4: Magsulat ka ng dalawang katuturan mula sa mga katuturang nahihinuha mula sa mga āyah ng aralin.

Ang Ikatlong Araling: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, At-Tīn (Dalawang Klase)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka sa mga sūrah ng aralin sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha mula sa mga sūrah ng aralin;

makahango ng katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ganang kay Allāh;

makapagdakila ka sa kabuluhan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makapagkaloob ka ng mga kawanggawa sa mga ulila at mga dukha;

makapagsadamdamin ka sa katayuan ng Bayang Pinakababanal.

Ang Sūrah Ad-Ḍuḥā (Qur'ān 93)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ وَالضُّحَى ١ وَاللَّيْلِ إِذَا سَجَى ٢ مَا
وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَى ٣ وَالْآخِرَةُ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ الْأُولَى ٤ وَلَسَوْفَ
يُعْطِيكَ رَبُّكَ فَتَرْضَى ٥ أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَآوَى ٦ وَوَجَدَكَ ضَالًّا
فَهَدَى ٧ وَوَجَدَكَ عَائِلًا فَأَغْنَى ٨ فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ ٩ وَأَمَّا
السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ ١٠ وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ ١١

{Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Sumpa man sa kaliwanagan [ng umaga],
2. sumpa man sa gabi kapag lumukob ito;
3. hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam.
4. Talagang ang Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa Unang-buhay.
5. Talagang magbibigay sa iyo ang Panginoon mo kaya malulugod ka.
6. Hindi ba nakatagpo Siya sa iyo na isang ulila kaya kumanlong Siya sa iyo?
7. Nakatagpo Siya sa iyo na isang nalilingat kaya nagpatnubay Siya.
8. Nakatagpo Siya sa iyo na isang naghihikahos kaya nagpasapat Siya.
9. Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig.

10. Hinggil naman sa nanghihingi ay huwag kang magtaboy.

11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsanaysay ka.

(Qur'ān 93:1-11)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagpapahiwatig ang marangal na sūrah sa pag-aalaga ni Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at kadakilaan ng kabuluhan nito sapagkat nagsasabi si Allāh:

وَالضُّحَىٰ ١ وَاللَّيْلِ إِذَا سَجَىٰ ٢

1. Sumpa man sa kaliwanagan [ng umaga],

2. sumpa man sa gabi kapag lumukob ito;

Sumusumpa si Allāh sa oras ng kaliwanagan [ng umaga], ang unang bahagi ng maghapon, at sa gabi kapag tumindi ang dilim nito.

مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَىٰ ٣ وَلِلْآخِرَةِ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ الْأُولَىٰ ٤
وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ فَتَرْضَىٰ ٥

3. hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam.

4. Talagang ang Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa Unang-buhay.

5. Talagang magbibigay sa iyo ang Panginoon mo kaya malulugod ka.

Sumusumpa si Alalh na Siya ay hindi nag-iwan kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at hindi namuhi sa kanya, gaya ng inangkin ng mga tagatangging sumampalataya ng liping Quraysh, na ang Tahanan sa Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaysa sa Mundo, at na si Allāh ay magbibigay sa kanya ng magpapalugod sa kanya.

أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَآوَى ٦ وَوَجَدَكَ ضَالًّا فَهَدَى ٧ وَوَجَدَكَ عَائِلًا
فَأَعْنَى ٨

6. Hindi ba nakatagpo Siya sa iyo na isang ulila kaya kumanlong Siya sa iyo?

7. Nakatagpo Siya sa iyo na isang nalilingat kaya nagpatnubay Siya.

8. Nakatagpo Siya sa iyo na isang naghihikahos kaya nagpasapat Siya.

Natagpuan nga ni Allāh ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang ulila kaya kumanlong Siya rito, nag-alaga Siya rito, at nagpatnubay Siya rito ng liwanag ng pagkasugo; at nakatagpo na isang maralita, kaya nag-akay Siya para rito ng panustos at nagbigay-kasapatan Siya rito palayo sa paghingi sa mga tao.

فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ ٩ وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ ١٠ وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ ١١

9. Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig.

10. Hinggil naman sa nanghihingi ay huwag kang magtaboy.

11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsanaysay ka.

Huwag kang lumabag sa katarungan sa ulila, huwag kang mambulyaw sa nanghihingi, at magsaysay ka hinggil sa biyaya ng Panginoon mo (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) sa iyo.

Sūrah Ash-Sharḥ

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

أَلَمْ نَشْرَحْ لَكَ صَدْرَكَ ۙ وَوَضَعْنَا عَنكَ وَزْرَكَ ۚ
الَّذِي أَنْقَضَ ظَهْرَكَ ۖ وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ ۚ فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا ۝ إِنَّ مَعَ
الْعُسْرِ يُسْرًا ۖ فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ ۚ وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَارْغَب ۝ ٨

1. Hindi ba nagpaluwag Kami para sa iyo ng dibdib mo?
2. Nag-alis Kami palayo sa iyo ng pasanin mo,
3. na nakabigat sa likod mo.
4. Nag-angat Kami para sa iyo ng pagbanggit sa iyo.
5. Kaya tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.
6. Tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.

7. Kaya kapag nakatapos ka [sa gawain] ay magpakapagal ka [sa pagsamba],

8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.

(Qur'ān 94:1-8)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagkukumpleto ang Sūrah Ash-Sharḥ sa nasaad sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā na pagpaparangal ni Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsasabi Siya:

أَلَمْ نَشْرَحْ لَكَ صَدْرَكَ ۙ

1. Hindi ba nagpaluwag Kami para sa iyo ng dibdib mo?

Hindi ba nagpaluwang para sa iyo, O Propeta, ng dibdib mo para sa mga batas ng Relihiyong Islām at pag-aanyaya tungo kay Allāh?

وَوَضَعْنَا عَنْكَ وِزْرَكَ ۚ الَّذِي أَنْقَضَ ظَهْرَكَ ۖ

2. Nag-alis Kami palayo sa iyo ng pasanin mo,

3. na nakabigat sa likod mo.

Nagpagaan Kami sa dala-dala mo na nagpapabigat sa likod mo.

وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ ٤

4. Nag-angat Kami para sa iyo ng pagbanggit sa iyo.

Nagpataas Kami ng pagbanggit sa iyo sa mga nilalang sapagkat binabanggit ang pangalan mo sa adhān, iqāmah, at iba pa sa dalawang ito.

فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا ٥ إِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا ٦

5. Kaya tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.

6. Tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.

Kaya tunay na kasama sa kagipitan at katindihan ay ginhawa at kaluwagan mula kay Allāh.

فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ ٧ وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَارْغَبْ ٨

7. Kaya kapag nakatapos ka [sa gawain] ay magpakapagal ka [sa pagsamba],

8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.

Kaya kapag nakatapos ka sa isang gawaing maayos ay magsumikap ka sa isang pang gawain at maging tagapagmithi ka sa nasa kay Allāh, na nagpapakay ng kaluguran Niya.

Sūrah At-Tīn (Qur'ān 95)

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.

وَالْتَيْنِ وَالزَّيْتُونَ ١ وَطُورِ سَيْنِينَ ٢ وَهَذَا الْبَلَدِ الْأَمِينِ ٣ لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ ٤ ثُمَّ رَدَدْنَاهُ أَسْفَلَ سَفَلِينَ ٥ إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ٦ فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِالدِّينِ ٧ أَلَيْسَ اللَّهُ بِأَحْكَمَ الْحَكَمِينَ ٨

1. Sumpa man sa igos at oliba,
2. sumpa man sa kabundukan ng Sinai,
3. sumpa man sa matiwasay na bayang ito;
4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog.
5. Pagkatapos nagpanauli Kami sa kanya sa pinakamababa sa mga mababa,

6. maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila ay isang pabuyang hindi matitigil.

7. Kaya ano ang nagpapasinungaling sa iyo, matapos nito, sa pagtutumbas?

8. Hindi ba si Allāh ay ang pinakahukom ng mga hukom?

(Qur'ān 95:1-8)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Natutuhan natin sa sūrah na ito na ang halaga ng tao ay nakaugnay sa maayos na pananampalataya niya sapagkat nagsasabi si Allāh:

وَالَّتَيْنِ وَالزَّيْتُونَ ١ وَطُورِ سَيْنِينَ ٢ وَهَذَا الْبَلَدِ الْأَمِينِ ٣

1. Sumpa man sa igos at oliba,
2. sumpa man sa kabundukan ng Sinai,
3. sumpa man sa matiwasay na bayang ito;

Sumusumpa si Allāh sa dalawang punongkahoy ng igos at oliba at sa bundok ng Sinai na kumausap si Allāh doon kay Moises (sumakanya ang pangangalaga), pagkatapos sumumpa Siya sa Makkah Mukarramah.

لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ ؕ ثُمَّ رَدَدْنَاهُ أَسْفَلَ سَافِلِينَ ٥

4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog.

5. Pagkatapos nagpanauli Kami sa kanya sa pinakamababa sa mga mababa,

Sumusumpa Siya (napakataas Siya) na Siya ay lumikha sa tao sa pinakamagandang anyo. Pagkatapos nagpapanauli Siya rito sa kasagwaan ng kahihinatnan sa Impiyerno dahil sa nagawa niya na shirk at mga pagsuway,

إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ٦

6. maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila ay isang pabuyang hindi matitigil.

maliban sa mga sumampalataya kay Allāh at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila

ay isang pabuya sa Paraiso na hindi mapuputol at hindi mapipigil.

فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِالذِّينِ ۚ أَلَيْسَ اللَّهُ بِأَحْكَمَ الْحَكَمِينَ ۝٨

7. Kaya ano ang nagpapasinungaling sa iyo, matapos nito, sa pagtutumbas?

8. Hindi ba si Allāh ay ang pinakahukom ng mga hukom?

Kaya ano ang nagtutulak sa iyo, O tao, sa pagpapasinungaling sa pagbubuhay at pagganti samantalang nakaalam ka na sa mga patotoo na nagpapatunay kay Allāh at sa mga pasugo Niya? Hindi ba si Allāh ay pinakamainam sa mga hukom?

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na sūrah:

Ang pagpaparangal ni Allāh sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at ang pag-aalaga Niya rito;

Ang pagkakinakailangan ng paggawa ng maganda sa mga ulila, mga mahina, at mga maralita.

Ang pagsasanaysay hinggil sa biyaya ni Allāh ay kabilang sa mga katangian ng mga tagapagpasalamat;

Nag-angat si Allāh sa katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagpataas sa pagbanggit sa kanya sa mga nilalang.

Si Allāh ay Maawain sa nilikha Niya, na nagtatakda ng kaluwagan kasama ng katindihan.

Nagparangal si Allāh sa tao yayang lumikha Siya rito sa pinakamagandang anyo.

Ang pananampalataya at ang maayos na gawa ay nag-aangat sa kabuluhan ng tao sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako sa pagitan ng mga āyah.

Magbigay ka ng mga āyah ng Sūrah Aḍ-Ḍuḥā o Sūrah Ash-Sharḥ o At-Tīn ng sumasang-ayon sa mga kahulugan ng mga āyah na nasasaad sa talahanayan:

Ang mga Āyah Ang Sumasang-ayon sa mga Ito Mula sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā o Sūrah Ash-Sharḥ o Sūrah At-Tīn

إِذْ يَقُولُ لِصَاحِبِهِ لَا تَحْزَنْ إِنَّ اللَّهَ مَعَنَا (التوبة: 40). مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَىٰ (٣) الَّذِي خَلَقَكَ فَسَوَّاكَ فَعَدَلَكَ

{noong nagsasabi siya sa kasamahan niya:
"Huwag kang malungkot; tunay na si Allāh ay kasama sa atin."} (Qur'ān 9:40)

{3. hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam.}

{[Siya] ang lumikha sa iyo, saka humubog sa iyo, saka nagpaangkop sa iyo.}

(Qur'ān 82:7)

لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ ۚ قَوْلَ مَعْرُوفٍ وَمَغْفِرَةً خَيْرَ
مِّنْ صَدَقَةٍ يَتَّبِعُهَا أَذًى ۖ وَاللَّهُ غَنِيٌّ حَلِيمٌ (البقرة: ٢٦٣). فَأَمَّا
الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ ٩ وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ ١٠ وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ
فَحَدِّثْ ١١ وَأَعْبُدْ رَبَّكَ حَتَّىٰ يَأْتِيَكَ الْيَقِينُ

4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog.

{Anumang sinasabing nakabubuti at pagpapatawad ay higit na mainam kaysa sa isang kawanggawang sinusundan ng isang pananakit. Si

Allāh ay Walang-pangangailangan, Matimpiin.}
(Qur'ān 2:263)

9. Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig.

10. Hinggil naman sa nanghihingi ay huwag kang magtaboy.

11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsanaysay ka.

{Sambahin mo ang Panginoon mo hanggang sa pumunta sa iyo ang katiyakan [ng kamatayan].}

(Qur'ān 15:99)

فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ ۖ وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَارْغَبْ ۚ ۝ لَا أُقْسِمُ بِهَٰذَا الْبَلَدِ
۝ (البلد: 1). وَهَٰذَا الْبَلَدُ الْأَمِينُ ۝ ٣

7. Kaya kapag nakatapos ka [sa gawain] ay magpakapagal ka [sa pagsamba],

8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.

{1. Talagang sumusumpa Ako sa bayang ito}
(Qur'ān 90:1)

3. sumpa man sa matiwasay na bayang ito;

Aktibidad 2: Makikilahok ako at hahango ako.

Sa pakikilahok sa tagapagturo mo, hanguin mo ang mga kaparaanan ng pag-abot ng Muslim sa kaluguran ni Allāh sa pamamagitan ng nasaad sa Sūrah Ash-Sharḥ at Sūrah At-Tīn.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang paggawa ng maganda sa mga dukha ay isang patunay sa pagpapasalamat sa biyaya.

Ang taqwā (pangingilag magkasala) ay isang kadahilanan sa pagkatuon ng tao sa paggawa ng kabutihan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa pinakamarami sa mga mamamayan ng Makkah sa yaman.

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

(وَوَضَعْنَا عَنْكَ وِزْرَكَ ۖ)

{2. Nag-alis Kami palayo sa iyo ng pasanin mo,} Ibig sabihin: Nagpatawad Kami sa pagkakasala mo.

Naglaman ang Sūrah Ash-Sharḥ ng mga yugto ng paglikha sa tao.

Ang matiwasay na bayan ay ang Marangal na Jerusalem.

PANUTO 3: Isulat mo ang āyah na nagpapatunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Nararapat sa Muslim ang magsanaysay hinggil sa biyaya ni Allāh.

Ang mananampalataya ay nagpapakaabala palagi sa mga gawaing nagpapakinabang.

Ang kaginhawahan ng Paraiso ay hindi napuputol.

PANUTO 4: Ipaliwanag mo ang katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ganang kay Allāh gaya ng nasaad sa Sūrah Ad-Duḥā at Sūrah Ash-Sharḥ.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpatotoo ka sa halaga ng kaalaman;

makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa mga āyah;

makapagdakila ka sa Gabi ng Pagtatakda.

Ang Sūrah Al-`Alaq (Qur'ān 96)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ أَقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ١ خَلَقَ
الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ ٢ أَقْرَأْ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ ٣ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ٤ عَلَّمَ
الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ ٥ كَلَّا إِنَّ الْإِنْسَانَ لِيَطْغَى ٦ أَنْ رَّاهُ اسْتَغْنَى ٧
إِنَّ إِلَىٰ رَبِّكَ الرُّجْعَى ٨ أَرَأَيْتَ الَّذِي يَنْهَى ٩ عَبْدًا إِذَا صَلَّى ١٠
أَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ عَلَى الْهُدَى ١١ أَوْ أَمَرَ بِالتَّقْوَى ١٢ أَرَأَيْتَ
إِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّى ١٣ أَلَمْ يَعْلَم بِأَنَّ اللَّهَ يَرَى ١٤ كَلَّا لَئِنْ لَمْ يَنْتَهِ

لَنَسْفَعًا بِالنَّاصِيَةِ ١٥ نَاصِيَةٍ كَذِبَةٍ خَاطِئَةٍ ١٦ فَلْيَدْعُ نَادِيَهُ ١٧
سَدَّغُ الزَّبَانِيَةِ ١٨ كَلَّا لَا تُطِيعُهُ وَاسْجُدْ وَاقْتَرِبْ ١٩

{Bismi -llāhi -rrahmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha,

2. lumikha sa tao mula sa isang malalinta.

3. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay,

4. na nagturo sa pamamagitan ng panulat,

5. nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.

6. Aba'y hindi! Tunay na ang tao ay talagang nagmamalabis

7. dahil nakakita siya sa sarili niya na nakasapat.

8. Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalikan.

9. Nakakita ka ba sa sumasaway

10. sa isang lingkod kapag nagdasal ito?

11. Nakakita ka ba kung siya ay nasa patnubay,

12. o nag-utos ng pangingilag magkasala?

13. Nakakita ka ba kung nagpasinungaling siya o tumalikod siya?

14. Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita?

15. Aba'y hindi! Talagang kung hindi siya tumigil ay talagang hahablot nga Kami sa bumbunan:

16. isang bumbunan na nagsisinungaling, nagkakamali.

17. Kaya tumawag siya sa kapulungan niya.

18. Tatawag Kami sa mga bantay [ng Impiyerno].

19. Aba'y hindi! Huwag kang tumalima sa kanya, magpatirapa ka, at lumapit ka [kay Allāh].

(Qur'ān 96:1-19)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Nagsisimula ang marangal na sūrah sa kaunahan sa mga āyah ng Qur'ān sa pagbaba sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi si Allāh:

أَقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ١

1. Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha,

Bumasa ka, O Sugo, ng pinababa ni Allāh sa iyo mula sa Marangal na Qur'ān, na nagpapasimula ng pagbasa mo sa ngalan ng Panginoon mo, ang Tagalikha.

خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ ٢

2. lumikha sa tao mula sa isang malalinta.

na lumikha sa tao mula sa isang malalinta, na isang piraso ng lamang namuo na kumapit sa sinapupunan ng ina.

أَقْرَأَ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ ۝ ٣ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ۝ ٤ عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ

٥

3. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay,

4. na nagturo sa pamamagitan ng panulat,

5. nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.

Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mong marami ang pagbibigay at ang paggawa ng maganda, na nagturo sa tao ng pagsusulat sa pamamagitan ng panulat at nagturo sa kanya ng hindi niya nalaman mula sa mga nauukol sa buhay niya at Kabilang-buhay niya.

كَأَلَّا إِنَّ الْإِنْسَانَ لَيْطَعٍ ۖ ٦ أَن رَّءَاهُ اسْتَعْتَى ۖ ٧

6. Aba'y hindi! Tunay na ang tao ay talagang nagmamalabis

7. dahil nakakita siya sa sarili niya na nakasapat.

Sa kabila nito, ang tao ay lumalampas sa mga hangganan ni Allāh kapag nakaramdam siya kasapatan dahil sa yaman niya at kapamahalaan niya.

إِنَّ إِلَىٰ رَبِّكَ أَلَرْجَعَىٰ ۝٨

8. Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalikan.

Tunay na ang hantungan ng tao ay tungo kay Allāh para gantimpalaan Niya ang bawat isa dahil sa ginawa nito.

أَرَأَيْتَ الَّذِي يَنْهَىٰ ٩ عَبْدًا إِذَا صَلَّىٰ ١٠

9. Nakakita ka ba sa sumasaway 10. sa isang lingkod kapag nagdasal ito?

Nakakita ka ba kay Abū Jahl habang siya ay sumasaway sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagdarasal?

أَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ عَلَىٰ الْهُدَىٰ ١١ أَوْ أَمَرَ بِالتَّقْوَىٰ ١٢

11. Nakakita ka ba kung siya ay nasa patnubay,

12. o nag-utos ng panginigilag magkasala?

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nasa patnubay at nag-uutos ng pagtalima kay Allāh.

أَرَأَيْتَ إِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّى ۖ ۱۳ أَلَمْ يَعْلَم بِأَنَّ اللَّهَ يَرَى ۖ ۱۴

13. Nakakita ka ba kung nagpasinungaling siya o tumalikod siya?

14. Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita?

Nakakita ka ba kay Abū Jahl habang siya ay nagpapasinungaling sa paanyaya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at umaayaw rito? Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita sa mga gawain niya?

كَلَّا لَئِنْ لَمْ يَنْتَهِ لَنَسْفَعًا بِالنَّاصِيَةِ ۖ ۱۵ نَاصِيَةٍ كَذِبَةٍ خَاطِئَةٍ ۖ ۱۶

15. Aba'y hindi! Talagang kung hindi siya tumigil ay talagang hahablot nga Kami sa bumbunan:

16. isang bumbunan na nagsisinungaling, nagkakamali.

Kapag hindi tumigil ang tagapagtambal na ito, talagang dadakma nga Kami sa ulo niya papuntang Impiyerno sa isang matinding maghahamak na pagdakma: yaong ulong nagsisinungaling sa sinasabi nito, na nagkakamali sa mga gawain nito.

فَلْيَدْعُ نَادِيَهُ ۖ ۱٧ سَدَّغُ الزَّبَانِيَةَ ۱٨

17. Kaya tumawag siya sa kapulungan niya.

18. Tatawag Kami sa mga bantay [ng Impiyerno].

Kaya tumawag siya sa sandaling iyon sa mag-anak niya angkan niya na ipang-aadya niya, kung sila ay tutugon sa kanya subalit walang dadalo sa kanya kundi ang mga anghel ng pagdurusa.

كَلَّا لَا تُطِيعُهُ ۖ وَاسْجُدْ وَاقْتَرِبْ ۝ ۱٩

19. Aba'y hindi! Huwag kang tumalima sa kanya, magpatirapa ka, at lumapit ka [kay Allāh].

Kaya huwag kang tumalima sa kanya, O Sugo ni Allāh, magpatirapa ka sa Panginoon mo, at magsumikap ka sa pagsamba mo.

Ang Sūrah Al-Qadr (Qur'ān 97)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ ١ وَمَا أَدْرَاكَ
مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ ٢ لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَيْرٌ مِّنْ أَلْفِ شَهْرٍ ٣ تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ
وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِّنْ كُلِّ أَمْرٍ ٤ سَلَامٌ هِيَ حَتَّىٰ مَطْلَعِ
الْفَجْرِ ٥

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.

1. Tunay na Kami ay nagpababa nito sa Gabi ng Pagtatakda.

2. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Gabi ng Pagtatakda?

3. Ang Gabi ng Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan.

4. Nagbababaaan ang mga Anghel at ang Espiritu rito ayon sa pahintulot ng Panginoon Nila kalakip ng bawat utos.

5. Kapayapaan ito – hanggang sa paglitaw ng madaling-araw.

(Qur'ān 97:1-6)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Natatangi ang marangal na sūrah sa paglilinaw sa kainaman ng Gabi ng Pagtatakda at kadakilaan ng katayuan nito sapagkat nagsasabi si Allāh:

إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ ۚ وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ ۚ

1. Tunay na Kami ay nagpababa nito sa Gabi ng Pagtatakda.

2. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Gabi ng Pagtatakda?

Tunay na Kami ay nagpapababa ng Marangal na Qur'ān sa pinakamababang langit at nagpasimula sa pagpapababa nito sa Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) sa isang dakilang gabi ng buwan ng Ramadān, ang Gabi ng Pagtatakda. Nakaaalam ka kaya, O Propeta, kung ano ang nasa gabing ito na kabutihan at pagpapala?

لَيْلَةُ الْقَدَرِ خَيْرٌ مِّنْ أَلْفِ شَهْرٍ ۚ

3. Ang Gabi ng Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan.

Ang kalamangan ng pagsamba sa biniyayaang gabing ito ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan para sa sinumang nagdasal dito nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain.

تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِّن كُلِّ أَمْرٍ ۚ

4. Nagbababaaan ang mga Anghel at ang Espiritu rito ayon sa pahintulot ng Panginoon Nila kalakip ng bawat utos.

Dumarami ang pagbaba ng mga anghel sa Gabi ng Pagtatakda. Kasama sa kanila si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ayon sa

pahintulot ni Allāh sa bawat bagay na pinagpasyahan ni Allāh sa taon na iyon.

سَلَامٌ هِيَ حَتَّىٰ مَطْلَعِ الْفَجْرِ ۝

5. Kapayapaan ito – hanggang sa paglitaw ng madaling-araw.

Gumawa rito si Allāh bilang gabi ng kabutihan at kapayapaan mula sa simula nito hanggang sa pagsapit ng madaling-araw.

Kabilang sa mahihinuha mula sa dalawang marangal na sūrah:

Ang kaalaman ay may dakilang katayuan sa Islām.

Nagpapakumbaba ang mananampalataya sa sandali ng pagdami ng mga biyaya ni Allāh sa kanya.

Ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakamainam na pananalita. Nagbaba nito ang pinakamabuti sa mga anghel sa pinakamabuti sa mga tao sa pinakamabuting gabi.

Ang Gabi ng Pagtatakda ay isang biyaya mula kay Allāh sa atin kaya naman nararapat sa atin na magdasal dito nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1. Matututo ako at magpaplano ako.

Naglaman ang Sūrah Al-`Alaq ng isang maliwanag na paanyaya tungo sa kaalaman at pagkatuto. Sa pamamagitan niyon,

Humango ka mula sa Sūrah Al-`Alaq ng mga pagkakahayag ng pag-aanyaya ng Islām tungo sa kaalaman at ang sigasig rito.

Magtakda ka ng tatlong bagay na nagpaplano ka para alamin mo sa taon na ito.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at maghuhulo ako.

Nagsabatas si Allāh sa Gabing Pagtatakda ng mga gawaing kapita-pitagang may dakilang gantimpala. Ayon sa liwanag niyon, makilahok ka kasama ng mga kaklase mo sa pagbasa ng mga sumusunod na ḥadīth at maghulo ka ng mga gawaing ipinahihiwatig ng mga ito.

Ang mga Ḥadīth Ang mga Gawain sa Gabi ng Pagtatakda

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allah at pangalagaan): **"Hanapin ninyo ang Gabi ng Pagtatakda sa huling sampung gabi ng Ramaḍān."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 2020.

Ang Paghahanap ng Gabi ng Pagtatakda sa Pamamagitan ng mga Maayos na Gawa sa Huling Sampung Gabi

Nagsabi si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): "O Sugo ni Allāh, ano sa tingin mo kung nakaalam ako kung aling gabi ang Gabi ng Pagtatakda, ano ang sasabihin ko rito?" Nagsabi siya: **"Sabihin mo: Allāhumma, innaka `afūwun tuḥibbu -l'afwa fa-`fu `annī. (O Allāh, tunay na Ikaw ay Mapagpaumanhin, na naiibigan Mo ang pagpapaumanhin kaya magpaumanhin ka sa akin.)"** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3513.)

Ang dalas ng pagdalangin sa Gabi ng Pagtatakda sa pamamagitan ng pagsabi natin ng: "Allāhumma, innaka `afūwun tuḥibbu -l'afwa fa-`fu `annī. (O Allāh, tunay na Ikaw ay Mapagpaumanhin, na naiibigan Mo ang pagpapaumanhin kaya magpaumanhin ka sa akin.)"

Hadīth: **"Ang Sugo ni Allāh ay nagsasagawa noon ng i'tikāf sa huling sampung araw ng Ramadān."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1172.) Ang pagsasagawa ng i'tikāf sa huling sampung araw ng Ramadān, na kasama sa mga ito ang Gabi ng Pagtatakda.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allah at pangalagaan): **"Ang sinumang nagdasal sa Gabi**

ng Pagtatakda nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, magpapatawad si Allāh sa kanya ng nauna sa pagkakasala niya."

(Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 37 at Imām Muslim: 759.) Ang Pagdarasal sa Gabi ng Pagtatakda

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng nilalaman ng mga ito na mga kamalian:

Ang Sūrah Al-Qadr ay ang kauna-unahan sa bumaba mula sa Marangal na Qur'ān.

Bumaba ang Marangal na Qur'ān sa kauna-unahang gabi ng buwan ng Ramaḍān.

Ang mananampalataya ay nagmamayabang ng dami ng mga biyaya na ibiniyaya ni Allāh sa kanya.

PANUTO 2: Magsulat ka ng isang āyah na nagpapatunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pag-angat ng Islām sa kabuluhan ng kaalaman at pagkatuto.

Ang pagsamba sa Gabi ng Pagtatakda ay higit na mainam kaysa sa pagsamba ng isang libong gabi.

Babalik ang lahat ng nilikha kay Allāh sa Araw ng Pagbangon.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Naglaman ang Sūrah Al-`Alaq ng pagtatanggol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Magpaliwanag ka niyon.

Magbuod ka ng katangian ng Gabi ng Pagtatakda, pagkatapos linawin mo ang mga pagsamba na maaaring ganapin ng Muslim dito.

**Ang Ikalimang Aralin: Ang
Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-
Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah
(Dalawang Klase)**

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapaghambing ka sa pagitan ng mga kalagayan ng mga mananampalataya at ng mga kalagayan ng mga tagatangging sumampalataya sa Kabilang-buhay;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha mula sa dalawang sūrah;

makapagtanda ka para sa pagtutuos sa Araw ng Pagbangon.

Ang Sūrah Al-Bayyinah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ لَمْ يَكُنِ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ
وَالْمُشْرِكِينَ مُنْفَكِينَ حَتَّى تَأْتِيَهُمُ الْبَيِّنَةُ ١ رَسُولٌ مِّنَ اللَّهِ يَتْلُوا
صُحُفًا مُّطَهَّرَةً ٢ فِيهَا كُتِبَ قِیمَةٌ ٣ وَمَا تَفَرَّقَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ
إِلَّا مِنْ بَعْدِ مَا جَاءَتْهُمْ الْبَيِّنَةُ ٤ وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ
مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ وَذَلِكَ
دِينُ الْقِیمَةِ ٥ إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ فِي
نَارِ جَهَنَّمَ خُلْدٍ فِيهَا أُولَئِكَ هُمْ شَرُّ الْبَرِيَّةِ ٦ إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا
وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أُولَئِكَ هُمْ خَيْرُ الْبَرِيَّةِ ٧ جَزَاؤُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ
جَنَّتٌ عَدْنٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خُلْدٍ فِيهَا أَبَدًا رَّضِيَ اللَّهُ
عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ لِمَنْ خَشِيَ رَبَّهُ ٨

{Bismi -llāhi -rrahmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay hindi naging mga kumakalas

hanggang sa pumunta sa kanila ang malinaw na patunay:

2. isang Sugo mula kay Allāh, na bumibigkas ng mga pahinang dinalisay,

3. na sa mga ito ay may mga nakasulat na matuwid.

4. Hindi nagkawatak-watak ang mga binigyan ng kasulatan kundi matapos na dumating sa kanila ang malinaw na patunay.

5. Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo, magpanatili sila ng dasal, at magbigay sila ng zakāh. Iyon ay ang relihiyon ng pagkamatuwid.

6. Tunay na ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at

mga tagapagtambal ay magiging nasa Apoy ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Ang mga iyon ay ang pinakamasama sa sangkinapal.

7. Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, ang mga iyon ay ang pinakamabuti sa sangkinapal.

8. Ang ganti sa kanila sa ganang Panginoon nila ay mga Hardin ng Eden na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito magpakailanman. Nalugod si Allāh sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Iyon ay ukol sa sinumang natakot sa Panginoon niya.

(Qur'ān 98:1-8)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Tumatalakay ang marangal na sūrah ng katayuan ng mensahe ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kainaman ng sinumang sumampalataya rito, at kahihinatnan ng sinumang tumangging sumampalataya rito sapagkat nagsasabi si Allāh:

لَمْ يَكُنِ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ مُنْفَكِّينَ حَتَّى تَأْتِيَهُمُ الْبَيِّنَةُ ۝

1. Ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay hindi naging mga kumakalas hanggang sa pumunta sa kanila ang malinaw na patunay:

Ang mga tagatangging sumampalataya kabilang sa mga Hudyo, mga Kristiyano, at mga tagapagtambal ay hindi naging mga tagapag-iwan ng kawalang-pananampalataya nila hanggang sa pumunta sa kanila ang maliwanag na patunay sa kabulaanan nito.

2. isang Sugo mula kay Allāh, na bumibigkas ng mga pahinang dinalisay,

فِيهَا كُتِبَ قِيمَةٌ ۝

3. na sa mga ito ay may mga nakasulat na **matuwid**. Ang patunay na ito ay ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang binibigkas niya mula sa mga dinalisay na talata ng

Marangal na Qur'ān, at ang nasa mga ito na kapatnubayan tungo sa katotohanan.

وَمَا تَفَرَّقَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ إِلَّا مِنْ بَعْدِ مَا جَاءَتْهُمْ الْبَيِّنَةُ ۚ

4. Hindi nagkawatak-watak ang mga binigyan ng kasulatan kundi matapos na dumating sa kanila ang malinaw na patunay.

Hindi lamang nagkaiba-iba ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano na si Allāh ay magpapadala ng Propeta, bagkus sila ay nag-aakala noon na ito ay mula sa kanila. Kaya noong ipinadala ito mula sa mga Arabe, nagkawatak-watak sila sapagkat mayroon sa kanila na sumampalataya rito at mayroon sa kanila na tumangging sumampalataya rito.

وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ وَذَلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ ۝

5. Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo,

magpanatili sila ng dasal, at magbigay sila ng zakāh. Iyon ay ang relihiyon ng pagkamatuwid.

Hindi inutusan ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano sa Marangal na Qur'ān kundi ng nasaad sa mga kasulatan nila na pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya, pagpapanatili ng pagdarasal, at pagbibigay ng zakāh. Iyon ay ang Relihiyong Islām.

إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدِينَ فِيهَا أُولَئِكَ هُمْ شَرُّ الْبَرِيَّةِ ٦

6. Tunay na ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay magiging nasa Apoy ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Ang mga iyon ay ang pinakamasama sa sangkinapal.

Tunay na ang mga tagatangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga mananamba ng mga diyus-diyusan, ang hantungan nila ay ang apoy ng Impiyerno. Sila ay ang pinakamasama sa nilikha ni Allāh.

إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أُولَٰئِكَ هُمْ خَيْرُ الْبَرِيَّةِ ۖ
 جَزَاؤُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ جَنَّاتٌ عَدْنٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ
 فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ۚ ذَٰلِكَ لِمَنْ حَسِيَ رَبُّهُ ۗ

7. Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, ang mga iyon ay ang pinakamabuti sa sangkinapal.

8. Ang ganti sa kanila sa ganang Panginoon nila ay mga Hardin ng Eden na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito magpakailanman. Nalugod si Allāh sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Iyon ay ukol sa sinumang natakot sa Panginoon niya.

Ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos na gawa ay ang pinakamabuti sa nilikha ni Allāh. Dahil doon, magpapasok sa kanila si Allāh sa Paraiso at magtatamasa sila roon hanggang sa walang-hanggan. Nalulugod si Allāh sa kanila at nagpapalugod Siya sa kanila. Ang kaginhawahang iyon ay ukol sa bawat sinumang nangangamba kay Allāh at umiiwas sa mga pagsuway.

Sūrah Az-Zalzalah (Qur'ān 98)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِذَا زُلْزِلَتِ الْأَرْضُ زِلْزَالَهَا ١
وَأُخْرِجَتِ الْأَرْضُ أَنْقَالَهَا ٢ وَقَالَ الْإِنْسُ مَا لَهَا ٣ يَوْمَئِذٍ تُحَدِّثُ
أَخْبَارَهَا ٤ يَا أَيُّهَا رَبِّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ٥ يَوْمَئِذٍ يَصْدُرُ النَّاسُ أَشْتَاتًا
لِّيُرَوْا أَعْمَلَهُمْ ٦ فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ٧ وَمَنْ يَعْمَلْ
مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ٨

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Kapag niyanig ang lupa sa pagyanig nito,
2. at nagpalabas ang lupa ng mga pabigat nito,
3. at nagsabi ang tao: "Ano ang mayroon dito?"
–
4. sa Araw na iyon ay magsasaysay ito ng mga ulat nito
5. dahil ang Panginoon mo ay nagkasi rito.

6. Sa Araw na iyon ay hahayo ang mga tao nang hiwa-hiwalay upang pakitaan sila ng mga gawa nila.

7. Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon,

8. at ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.

(Qur'ān 98:1-8)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Naglilinaw ang marangal na sūrah ng ilan sa mga pangyayari sa Araw ng Pagbangon at mauuna rito na mga hilakbot sapagkat nagsasabi si Allāh:

(إِذَا زُلْزِلَتِ الْأَرْضُ زِلْزَالَهَا ۙ وَأُخْرِجَتِ الْأَرْضُ أَثْقَالَهَا ۚ)،

1. Kapag niyanig ang lupa sa pagyanig nito,

2. at nagpalabas ang lupa ng mga pagibat nito,

Naglalarawan si Allāh ng ilan sa masasaksihan sa Araw ng Pagbangon. Kabilang sa mga ito: na ang

lupa ay galaw-galaw nang may katindihan at palalabasin ang mga patay na inilibing sa loob nito.

(وَقَالَ الْإِنْسَانُ مَا لَهَا ۚ يَوْمَئِذٍ تُحَدِّثُ أَخْبَارَهَا ۚ بِأَنَّ رَبَّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ۝)

3. at nagsabi ang tao: "Ano ang mayroon dito?"

—

4. sa Araw na iyon ay magsasaysay ito ng mga ulat nito

5. dahil ang Panginoon mo ay nagkasi rito.

Kaya magugulat ang tao sa mangyayari sa lupa, lalo na kapag nagpabatid ang lupa ng ginawa sa ibaba nito na kabutihan o kasamaan, matapos na mag-utos dito si Allāh niyon.

(يَوْمَئِذٍ يَصْدُرُ النَّاسُ أَشْتَاتًا لِّيُرَوْا أَعْمَلُهُمْ ۖ)

6. Sa Araw na iyon ay hahayo ang mga tao nang hiwa-hiwalay upang pakitaan sila ng mga gawa nila.

Sa Araw na iyon ay lalabas ang mga tao papunta sa pagtutuos bilang mga uring

nagkawatak-watak upang panoorin nila ang mga gawa nila na ginawa nila sa Mundo.

فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ۖ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ۝۸

7. Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon,

8. at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.

Kaya sa Araw ng Pagbangon, makikita ng bawat tao ang ginawa niya na kabutihan o kasamaan kahit pa man ito ay maliit at gagantihan siya dahil doon.

Kabilang sa mahihinuha mula sa dalawang marangal na sūrah:

Ang pagkakinakailangan ng pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

Ang katapatan ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang kadakilaan ng Marangal na Qur'ān ay kabilang sa pinakadakila sa mga katunayan ng katumpakan ng

pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang mga mananampalataya na gumagawa ng maayos na gawa ay ang pinakamabuti sa nilikha ni Allāh. Ang ganti sa kanila ay ang Paraiso.

Ang Araw ng Pagbangon ay isang nakapangingilabot na araw, na tutuusin dito ang tao sa bawat bagay maging gaano man kaliit ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahambing ako.

Sa pamamagitan ng pagkaintindi mo sa Sūrah Al-Bayyinah, maghahambing ka sa pagitan ng mga mananampalataya at mga tagatangging sumampalataya ayon sa hinihiling sa talahanayan:

Ang anyo ng paghahambing; Hindi nag-utos sa kanila si Allāh nito Ang saloobin nila sa utos ni Allāh Ang kalagayan nila sa Kabilang-buhay

Ang mga mananampalataya

Ang mga tagatangging sumampalataya

Aktibidad 2: Mag-uugnay ako sa pagitan ng mga āyah.

Ipaliwanag mo ang ugnayan sa pagitan ng sabi ni Allāh:

(وَقَالَ الْإِنْسَانُ مَا لَهَا ۚ يَوْمَئِذٍ تُحَدِّثُ أَخْبَارَهَا ۚ بِأَنَّ رَبَّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ۝)،

3. at nagsabi ang tao: "Ano ang mayroon dito?"

—

4. sa Araw na iyon ay magsasaysay ito ng mga
ulat nito

5. dahil ang Panginoon mo ay nagkasi rito.

At sinabi niya, pagkataas-taas niya

(يَوْمَ تَشْهَدُ عَلَيْهِمْ أَلْسِنَتُهُمْ وَأَيْدِيهِمْ وَأَرْجُلُهُمْ بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ)

{sa Araw na sasaksi laban sa kanila ang mga
dila nila, ang mga kamay nila, at ang mga paa nila
sa dati nilang ginagawa.} (Qur'an 24:24)

Ano ang kinakailangan sa Muslim na gawin
nang sa gayon ang mga pagsaksing ito ay maging
pabor sa kanya at hindi laban sa kanya sa Araw ng
Pagbangon.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Tumangging sumampalataya ang mga Hudyo kay Propeta Muhammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa pagdududa nila sa katapatan niya.

Ang sinumang natakot kay Allāh sa Mundo, magpapalugod sa kanya si Allāh sa Kabilang-buhay.

Ang sabi ni Allāh na: {ang relihiyon ng pagkamatuwid} ay nangangahulugang relihiyon ng mga May Kasulatan.

Ang pagpapakawagas kay Allāh ay isang kundisyon sa pagtanggap sa mga gawang maayos.

Nag-iingat ang Lupa ng mga katawan ng mga mananampalataya hanggang sa pumasok sila sa Paraiso.

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng mga sumusunod na āyah nang maiksi.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَمَا أَمْرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ وَذَلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ ٥).

{5. Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon bilang mga makatotoo, magpanatili sila ng asal, at magbigay sila ng zakāh. Iyon ay ang relihiyon ng pagkamatuwid.}

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ۖ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ۚ (٨)

7. Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon,

8. at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.}

PANUTO 3: Maghambing ka sa pagitan ng mga kalagayan ng mga mananampalataya at ng mga kalagayan ng mga tagatangging sumampalataya sa Kabilang-buhay ayon sa liwanag ng nasaad sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka sa mahihinuha mula sa dalawang sūrah;

makahango ka ng ilan sa mga kasanhian ng pagbanggit sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon;

makapagbigay-halaga ka sa biyaya ni Allāh sa iyo.

Sūrah Al-`Ādiyāt (Qur'ān 100)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ وَالْعَدِيَّتِ صَبْحًا ١ فَالْمُورِيَّتِ قَدْحًا ٢
فَالْمُغِيرَتِ صَبْحًا ٣ فَانْزَرْنَ بِهٖ نَفْعًا ٤ فَوَسَطْنَ بِهٖ جَمْعًا ٥ إِنَّ
الْإِنْسَانَ لِرَبِّهٖ لَكَنُودٌ ٦ وَإِنَّهٗ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٌ ٧ وَإِنَّهٗ لِحُبِّ الْخَيْرِ
لَشَدِيدٌ ٨ أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعْثِرَ مَا فِي الْقُبُورِ ٩ وَحُصِّلَ مَا فِي
الْصُّدُورِ ١٠ إِنَّ رَبَّهُم بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ (١١)

{Bismi –llāhi –rraḥmāni –rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Sumpa man sa mga [kabayong] tumatakbo habang humihingal,

2. saka sa mga nagpapaningas habang nakikiskis [ang mga kuko],

3. saka mga nanlulusob sa madaling-araw,

4. saka bumulabog ang mga ito sa pamamagitan nito ng mga alikabok,

5. saka pumagitna ang mga ito dahil dito sa isang pagtitipon;

6. tunay na ang tao, sa Panginoon niya, ay talagang isang mapagkaila.

7. Tunay na siya roon ay talagang isang saksi.

8. Tunay na siya, sa pag-ibig sa kayamanan, ay talagang matindi.

9. Kaya hindi ba siya nakaaalam kapag hinalukay ang nasa mga puntod

10. at itinanghal ang nasa mga dibdib,

11. tunay na ang Panginoon nila sa kanila, sa Araw na iyon, ay talagang Mapagbatid.

(Qur'ān 100:1-11)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Tumatalakay ang marangal na sūrah ng paglilinaw sa mga katangian ng tao at epekto ng mga ito sa kahihinatnan niya sa Kabilang-buhay. Nagsisimula ang sūrah sa panunumpa sapagkat nagsasabi si Allāh:

وَالْعِدَّةِ ضَبْحًا،

1. Sumpa man sa mga [kabayong] tumatakbo habang humihingal,

Sumusumpa si Allāh sa mga kabayo na tumatakbo ayon sa landas ni Allāh at lumilitaw ang tunog ng mga ito dahil sa katindihan ng pagtakbo ng mga ito.

فَالْمُورِيَّتِ قَدْحًا ۖ،

2. saka sa mga nagpapaningas habang nakikiskis [ang mga kuko],

Lumalabas ang mga dagitab mula sa mga kuko ng mga ito dahil sa tindi ng pagtakbo ng mga ito.

فَالْمَغِيرُتِ صُبْحًا ٣

3. saka mga nanlulusob sa madaling-araw,

Lumulusob ang mga ito sa mga kaaway ni Allāh sa madaling-araw.

فَأَنْزَلَ بِهِ نَفْعًا ٤

4. saka bumulabog ang mga ito sa pamamagitan nito ng mga alikabok,

Bumubulabog ang mga ito sa paligid ng mga ito ng mga alikabok.

فَوَسَطْنَ بِهِ جَمْعًا ٥

5. saka pumagitna ang mga ito dahil dito sa isang pagtitipon;

Nagpapagitna ang mga ito dala ang mga lulan ng mga ito na mga kawal ni Allāh sa mga pagtitipon ng mga kaaway.

إِنَّ الْإِنْسَانَ لِرَبِّهِ لَكَنُودٌ ٦ وَإِنَّهُ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٌ ٧ وَإِنَّهُ لِحُبِّ
الْخَيْرِ لَشَدِيدٌ ٨ ،

6. tunay na ang tao, sa Panginoon niya, ay talagang isang mapagkaila.

7. Tunay na siya roon ay talagang isang saksi.

8. Tunay na siya, sa pag-ibig sa kayamanan, ay talagang matindi.

Sumusumpa si Allāh na ang tao ay nagkakaila sa mga biyaya Niya rito, na ang tao ay kumikilala sa pagkakailang ito, at na ito matindi sa pag-ibig sa yaman kaya nagmamaramot nito.

أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعْثِرَ مَا فِي الْقُبُورِ ٩ وَحُصِّلَ مَا فِي الصُّدُورِ ١٠

9. Kaya hindi ba siya nakaaalam kapag hinalukay ang nasa mga puntod

10. at itinanghal ang nasa mga dibdib,

Kaya hindi ba nakaaalam ang taong nalililang ng yaman kung ano ang mangyayari kapag sumapit ang Araw ng Pagbangon, lumabas ang mga patay mula sa libingan nila, tinuos sila sa mga

gawa nila at anumang ikinukubli ng mga dibdib nila na kabutihan at kasamaan?

إِنَّ رَبَّهُمْ بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ (١١)،

11. tunay na ang Panginoon nila sa kanila, sa Araw na iyon, ay talagang Mapagbatid.

Tunay na si Allāh ay nakaaalam sa bawat bagay tungkol sa kanila at gaganti sa kanila dahil doon sa Araw ng Pagbangon.

Ang Sūrah Al-Qāri`ah (Qur'ān 101)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ الْقَارِعَةُ ١ مَا الْقَارِعَةُ ٢ وَمَا أَدْرَاكَ
مَا الْقَارِعَةُ ٣ يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ ٤ وَتَكُونُ
الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنْفُوشِ ٥ فَأَمَّا مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ ٦ فَهُوَ فِي
عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ ٧ وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ ٨ فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ ٩ وَمَا
أَدْرَاكَ مَا هِيَةٌ ١٠ نَارٌ حَامِيَةٌ ١١

{Bismi -llāhi -rrahmāni -rrahīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)}

1. Ang Tagakalampag.

2. Ano ang Tagakalampag?

3. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Tagakalampag?

4. Sa Araw na [iyon], ang mga tao ay magiging para bang mga gamugamong pinakalat

5. at ang mga bundok ay magiging para bang mga lanang nahimulmol.

6. Kaya hinggil naman sa sinumang bumigat [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

7. siya ay nasa isang pamumuhay na nakalulugod.

8. Hinggil naman sa sinumang gumaan [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

9. ang kanlungan niya ay kailaliman.

10. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano iyon?

11. [Iyon ay] isang Apoy na napakainit.

(Qur'ān 101:1-11)

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan

Naglalarawan ang marangal na sūrah ng ilan sa mga hilakbot sa Araw ng Pagbangon at pagkakahati ng mga tao matapos ng pagtimbang ng mga gawa nila sapagkat nagsasabi si Allāh:

الْقَارِعَةُ ١ مَا الْقَارِعَةُ ٢ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْقَارِعَةُ ٣

1. Ang Tagakalampag.

2. Ano ang Tagakalampag?

3. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Tagakalampag?

Nagpapangamba si Allāh ng mga lingkod Niya ng mga hilakbot sa Araw ng Pagbangon na magpapahilakbot sa mga puso at kakalampag sa mga ito. Aling bagay ang nagpaalam sa iyo hinggil dito at hinggil sa mga hilakbot nito?

يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ ٤

4. Sa Araw na [iyon], ang mga tao ay magiging para bang mga gamugamong pinakalat

Sa Araw na iyon, ang mga tao ay magiging gaya ng mga gamugamong kumakalat-kalat.

وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنْفُوشِ ٥

5. at ang mga bundok ay magiging para bang mga lanang nahimulmol.

Ang mga bundok ay magiging gaya ng lana na hinihimulmol at hinahalukay ng kamay kaya naging al naging alikabok at naglalaho na para bang wala na dati.

فَأَمَّا مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ ٦ فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ ٧

6. Kaya hinggil naman sa sinumang bumigat [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

7. siya ay nasa isang pamumuhay na nakalulugod.

Ang mga tao sa araw na iyon ay dalawang uri. May isang uring bumigat ang mga timbangan ng mga magandang gawa nito at naging matimbang laban sa mga masagwang gawa nito kaya ang mga taong ito ay nasa isang pamumuhay na maligayang kaiga-igaya sa Paraiso.

وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ ٨ فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ ٩

8. Hinggil naman sa sinumang gumaan [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

9. ang kanlungan niya ay kailaliman.

Hinggil naman sa sinumang gumaan ang mga timbangan ng mga magandang gawa nito at naging matimbang ang mga masagwang gawa nito, ang hantungan nito ay tungo sa Impiyerno na kakanlungan nito.

وَمَا أَدْرَاكَ مَا هِيَ ۚ ۱۰ نَارٌ حَامِيَةٌ ۙ ۱۱

10. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano iyon?

11. [Iyon ay] isang Apoy na napakainit.

Ano ang nagpaalam sa iyo hinggil sa kailalimang iyon? Iyon ay apoy na matindi ang init.

Kabilang sa mahihinuha mula sa dalawang marangal na sūrah:

Marami sa mga tao ay nagkakaila sa biyaya, maliban sa kanya na nagpupuri kay Allāh dahil sa mga ito at gumaganap sa karapatan ng mga ito.

Ang naituon sa tama ay ang sinumang nagsaayos ng puso niya sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpapakawagas, at pag-ibig

kay Allāh, sa Sugo Niya (basbasan Niya at pangalagaan), at mga mananampalataya.

Nagbibigay-babala si Allāh (napakataas Siya) sa mga lingkod Niya laban sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon upang maghanda sila para rito sa pamamagitan ng gawang maayos.

Ang mga tao sa Araw ng Pagbangon ay dalawang uri: isang uring bumigat ang mga timbangan ng mga magandang gawa nito kaya magtatamo ito ng Paraiso at isang uring bumigat ang mga timbangan ng mga masagwang gawa nito kaya magtatamo ito ng Impiyerno.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsusulat ako ng mga maayos na gawa.

Punuin mo ang sumusunod na talahanayan ng mga halimbawa ng gawa na iibigin ng Muslim na makita ang mga ito sa timbangan ng mga magandang gawa niya:

Uri ng Gawa / Halimbawa Para sa Gawa na Bibigat ang Timbangan ng mga Magandang Gawa

Ang Pakikitungo sa mga Tao

Ang Gawain ng Puso

Ang Gawain ng Dila

Ang Gawain ng Kamay

Ang Gawain ng Mata

Ang Gawain ng Tainga

Aktibidad 2: Mag-uugnay ako sa pagitan ng mga āyah.

Magbigay ka mula sa Sūrah Al-`Ādiyāt o Sūrah Al-Qāri`ah ng sumasang-ayon sa mga kahulugan ng mga āyah na nasasaad sa talahanayan:

Ang mga Āyah Ang Sumasang-ayon sa Sūrah Al-`Ādiyāt o Sūrah Al-Qāri`ah

وَتُحِبُّونَ الْمَالَ حُبًّا جَمًّا ٢٠

{Umiibig kayo sa yaman nang pag-ibig na labis.}

(Qur'ān 89:20)

(وَإِنَّهُ لِحُبِّ الْخَيْرِ لَشَدِيدٌ). وَبُسَّتِ الْجِبَالُ بَسًّا 5 فَكَانَتْ هَبَاءً مُنْبَثًّا 6

{Tunay na siya, sa pag-ibig sa kayamanan, ay talagang matindi.}

{5. at dinurog ang mga bundok sa isang pagdurog,

6. kaya magiging alikabok na kumakalat.}

(Qur'ān 89:5-6)

وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنفُوشِ. وَنَضَعُ الْمَوَازِينَ الْقِسْطَ لِيَوْمِ
الْقِيَمَةِ فَلَا تَظْلَمُ نَفْسٌ شَيْئًا وَإِنْ كَانَ مِثْقَالَ حَبَّةٍ مِّنْ خَرْدَلٍ أَتَيْنَا
بِهَا^{٤٧} وَكَفَىٰ بِنَا حُسْبِينَ

{at ang mga bundok ay magiging para bang
mga lanang nahimulmol.}

{Maglalagay Kami ng mga timbangang
pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon,
kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang
kaluluwa sa anuman. Kung ito man ay kasimbigat
ng buto ng mustasa ay magtatanghal Kami nito.
Nakasapat na Kami bilang Tagapagtuos.}

(Qur'ān 21:47)

فَأَمَّا مَن ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ ۖ فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَّاضِيَةٍ ۖ وَأَمَّا مَن خَفَّتْ
مَوَازِينُهُ ۖ فَهُوَ فِي عَذَابٍ مُّهِينٍ ۚ

6. Kaya hinggil naman sa sinumang bumigat [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

7. siya ay nasa isang pamumuhay na nakalulugod.

8. Hinggil naman sa sinumang gumaan [sa kabutihan] ang mga timbangan niya,

9. ang kanlungan niya ay kailaliman.}

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Nakasalalay ang mensahe sa pagbabalita ng nakagagalak sa tagatalima at pagbabala sa tagasuway.

Ang Tagakalampag (Al-Qāri`ah) ay nagpapahiwatig ng Paraiso at anumang naroon na kaginhawahan.

Ang mga kabayo ay kabilang sa mga dakilang tanda ni Allāh.

Ang Muslim ay kumikilala sa mga biyaya ni Allāh sa kanya at nagpapasalamat sa mga ito.

Ang sabi ni Allāh na: {mga [kabayong] tumatakbo} ay nangangahulugang: mga mabilis na ibon. (X)

PANUTO 2: Isulat mo ang kahulugan ng mga sumusunod na āyah nang maiksi.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعْثِرَ مَا فِي الْقُبُورِ ۙ وَحُصِّلَ مَا فِي الصُّدُورِ ۚ
إِنَّ رَبَّهُمْ بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ (۱۱)

9. Kaya hindi ba siya nakaaalam kapag hinalukay ang nasa mga puntod

10. at itinanghal ang nasa mga dibdib,

11. tunay na ang Panginoon nila sa kanila, sa Araw na iyon, ay talagang Mapagbatid. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ ۚ وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ
الْمَنْفُوشِ ۝

4. Sa Araw na [iyon], ang mga tao ay magiging para bang mga gamugamong pinakalat

5. at ang mga bundok ay magiging para bang mga lanang nahimulmol.}

PANUTO 3: Bakit marami ang paglilinaw sa mga hilakbot sa Araw ng Pagbangon sa Marangal na Qur'ān?

Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak

Ang Unang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Kufr at ang Shirk)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng konsepto ng Kufr at Shirk;

makapag-isa-isa ka ng mga uri ng Kufr at Shirk;

makapaghalimbawa ka ng mga anyo ng Kufr at Shirk, na malaki at maliit;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng Kufr at Shirk, malaki at maliit;

makapagsadamdamin ka ng panganib ng Kufr at Shirk sa Muslim;

makaiwas ka sa lahat ng anyo ng Kufr at Shirk.

Pagpapaumpisa

Ang pananampalataya ay ang landas ng kaligtasan para sa tao sa Mundo at Kabilang-buhay. Dahil dito, kinakailangan sa Muslim na mag-ingat sa pagkakasadlak sa anumang nakasisira sa pananampalataya. Kaya ano ang mga bagay na nakasisira sa pananampalataya?

Ang mga Tagasira ng Pananampalataya

Ang Kufr (Kawalang-pananampalataya)

Ang Shirk

Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw)

Ang Riddah (Pagtalikod Islām)

A. Ang Kufr (Kawalang-pananampalataya)

Ang Pagbibigay-kahulugan sa Kufr

Ang Kufr ay bawat paniniwala o ginagawa o sinasabi na nakasisira ng batayan ng Pananampalataya o kakumpletuhan nito.

Ang mga Uri ng Kufr

Ang Malaking Kufr. Ito ay ang nakasisira sa batayan ng Pananampalataya.

Ang Maliit na Kufr. Ito ay ang hindi nakasisira sa kakumpletuhan ng Pananampalataya.

Kabilang sa mga halimbawa ng Malaking Kufr:

Ang pagkakaila sa kairalan ni Allāh o ang paniniwala sa pagkadiyos ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga).

Ang pagpapasinungaling sa mga sugo ang panunuya sa kanila.

Ang pagdududa sa katapatan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o sa Marangal na Qur'ān.

Ang pagtanggì sa mga utos ni Allāh at ang pagmamalaki sa mga ito, tulad ng kawalang-pananampalataya ni Satanas.

Ang mga Masagwang Epekto ng Malaking Kufr

Ang Malaking Kufr ay nagpapawalang-kabuluhan sa gawa at nag-oobliga ng pamamalagi ng tagapagtaglay nito sa Impiyerno. Kinakailangan ang pagpapakawalang-kaugnayan sa tagapagsagawa nito. Ipinagbabawal ang pag-ibig sa kanya at pag-aadya sa kanya. Hindi siya magmamana mula sa mga Muslim na kamag-anak niya. Hindi papayagan na mag-asawa siya ng isang Muslimah. Kapag namatay siya, hindi siya dadasalan at hindi siya ililibing sa sementeryo ng mga Muslim.

Kabilang sa mga halimbawa ng Maliit na Shirk:

Ang lahat ng mga pagkakasala na tinatagurian ayon sa batas bilang "kufr" subalit ang mga ito ay hindi nagpapalabas sa tagapagtaglay ng mga ito mula sa Islām, tulad ng:

Pakikipaglaban sa Muslim. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pang-aalipusta sa Muslim ay kasuwailan at ang pakikipaglaban sa kanya ay kawalang-pananampalataya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 48 at Imām Muslim: 64.) Ang kawalang-pananampalataya dito ay ang Maliit na Kufr.

Ang paninirang-puri sa kaangkanan at ang pananaghoy sa patay. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"May dalawang gawain sa mga tao na sa kanila ay may kawalang-pananampalataya: ang paninirang-puri sa kaangkanan at pananaghoy sa patay."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 67.)

Ang mga Masagwang Epekto ng Maliit na Kufr

Ang Maliit na Kufr ay hindi nagpapalabas sa tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaan subalit ito ay kabilang sa pinakamalaki sa malalaking kasalanan. Kapag hindi nagbalik-loob ang tagapagtaglay nito, siya sa Kabilang-buhay ay nasa ilalim ng kalooban ni Allāh: kung loloobin ay pagdurusahin siya at kung loobin ay pagpapaumanhinan siya.

B. Ang Shirk

Ang Malaking Shirk ay ang pagpapatibay ng katambal kay Allāh sa:

mga gawa Niya gaya ng paglikha at pagtutustos;

o sa mga katangian niya, gaya ng kaalaman sa nakalingid.

o sa pagsamba sa Kanya, gaya ng pagpapatirapa sa mga nito.

Ang sinumang nag-angkin ng kairalan ng isang tagalikha kasama kay Allāh o na may isang nakaaaalam sa nakalingid na iba pa kay Allāh, o nagbaling sa iba pa kay Allāh ng anuman sa pagsamba gaya ng pag-aalay o pamamanata o pananalangin o pagpapatirapa, nakagawa nga siya ng isang Malaking Shirk. Siya ay hindi nasa Kapaniwalaan ng Islām. Ipatutupad sa kanya ang mga epekto ng Malaking Kufr.

Ang Maliit na Shirk ay ang bawat pagkakasala na tinawag sa Marangal na Qur'ān o Pampropetang Sunnah na isang shirk subalit ito ay hindi umaabot sa Malaking Shirk.

Kabilang sa mga halimbawa ng Maliit na Shirk ang pagsumpa sa iba pa kay Allāh o ang pagpapakitang-tao sa sandaling paggawa ng kabutihan o ang pagsusuot ng mga anting-anting.

Kabilang sa mga epekto ng Maliit na Shirk na ito ay kabilang sa malalaking kasalanan. Kapag hindi nagbalik-loob ang tagapagtaglay nito, siya sa Araw ng Pagbangon ay nasa ilalim ng kalooban ni Allāh:

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahambing ako.

Maghambing ka sa pagitan ng Malaking Kufr at Malaking Shirk at ng Maliit na Kufr at Maliit na Shirk sa sumusunod:

Ang Malaking Kufr at ang Malaking Shirk Ang anyo ng paghahambing; Ang Maliit na Kufr at Maliit na Shirk

Ang Pagpapasinungaling sa mga Sugo at ang Pangungutya sa Relihiyon Kabilang sa mga Anyo Nito Ang Pakikipaglaban sa Muslim at ang Paninirang-puri sa Kaangkanan

Lumalabas ang tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaan ng Islām. Ang Pagpapalabas sa Tagapagtaglay Nito Mula sa Kapaniwalaan ng Islām Hindi lumalabas ang tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaan ng Islām.

Pananatilihin ang tagapagtaglay nito sa Impiyerno. Ang Pananatili ng Tagapagtaglay Nito sa Impiyerno Hindi pananatilihin ang tagapagtaglay nito sa Impiyerno.

Nag-oobliga ito ng kawalang-kaugnayan sa tagagawa nito. Ang Kawalang-kaugnayan sa Tagagawa Nito Hindi ito nag-oobliga ng kawalang-kaugnayan sa tagagawa nito.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at tutugon ako.

Ipaliwanag mo ang uri ng Shirk at Kufr na ipinahihiwatig ng dalawang sumusunod na teksto:

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(إِلَّا إِبْلِيسَ أَبَىٰ وَاسْتَكْبَرَ وَكَانَ مِنَ الْكَافِرِينَ)

{maliban si Satanas. Tumanggi siya, nagmalaki siya, at siya ay naging kabilang sa mga tagatangging sumampalataya.} (Qur'ān 2:34)

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh ay tumanggi ngang sumampalataya."** (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 3251.)

Aktibidad 3: Magbibigay ako ng isang mensahe.

Magbigay ka ng isang mensahe sa mga nangungutya sa Relihiyon ni Allāh o sa Marangal na Qur'ān habang nagpapasaksi sa sabi ni Allāh:

(وَلَيْنَ سَأَلْتَهُمْ لَيَقُولُنَّ إِنَّمَا كُنَّا نَخُوضُ وَنَلْعَبُ قُلْ أَبِاللَّهِ وَءَايَاتِهِ
وَرَسُولِهِ كُنْتُمْ تَسْتَهْزِءُونَ 65 لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ

{65. Talagang kung nagtanong ka sa kanila ay talagang magsasabi nga sila: "Dati kaming tumatalakay [sa kabulaanan] at naglalaro lamang." Sabihin mo: "Kay Allāh, sa mga tanda Niya, at sa Sugo Niya ba dati kayong nangungutya?

66. Huwag kayong magdahi-dahilan; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ng pananampalataya ninyo.}

(Qur'ān 9:65-66)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pag-alipusta sa mga Muslim at ang pagsumpa sa kanila ay bahagi ng Malaking Kufr. (X)

Magmamana ang tagatangging sumampalataya mula sa Muslim subalit hindi magmamana sa kanya ang Muslim. (X)

Ang pangungutya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumisira sa batayan ng Pananampalataya. (✓)

Ang Maliit na Shirk ay nagpapawalang-saysay sa lahat ng mga gawa. (X)

Ang panunumpa sa iba pa kay Allāh ay Maliit na Shirk. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagpapatunay ang sabi ni Allāh:

(وَمَنْ يَكْفُرْ بِالْإِيمَنِ فَقَدْ حَبِطَ عَمَلُهُ)

{Ang sinumang tumanggi sa pananampalataya ay nawalang-kabuluhan nga ang gawa niya. Siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.} (Qur'ān 5:5) sa:

(pagiging ang Kufr ay nagpapawalang-saysay sa gawa - panganib ng Maliit na Kufr - kakauntian ng mga gawa ng mga tagatangging sumampalataya).

Ang Kufr ni Satanas ay kabilang sa mga halimbawa ng Kufr ng:

(pagpapasinungaling - pagpapaimbabaw - pagmamalaki).

Kabilang sa mga halimbawa ng Maliit na Shirk:

(ang pagdalangin sa iba pa kay Allāh - ang pagsusuot ng mga anting-anting - ang pagpapatirapa sa iba pa kay Allāh).

Kabilang sa mga halimbawa ng Malaking Shirk:

(ang pagsusuot ng mga anting-anting - ang paniniwala sa kaalaman ng mga manghuhula sa nakalingid - ang panunumpa sa isang nilikha).

Kabilang sa mga epekto ng Kufr at Malaking Shirk:

(ang pagpapawalang-kabuluhan ng gawa - ang kawalan ng pagtanggap ng pagbabalik-loob - ang pagkabawas ng pabuya).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Maghambing ka sa pagitan ng Malaking Shirk at Maliit na Shirk.

Maglahad ka ng isang paghahalimbawa para sa Maliit na Shirk.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Nifāq at ang Riddah)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-pakahulugan ka sa Nifāq;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng mga uri ng Nifāq;

makapag-isa-isa ka sa mga pagkakahayag ng Riddah;

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng Nifāq sa buhay ng mga Muslim;

makaiwas ka sa mga pagkakahayag ng Nifāq at Riddah.

Pagpapaumpisa

Natutuhan natin sa naunang aralin na ang Kufr at ang Shirk ay kabilang sa mga tagasira ng Pananampalataya. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang natitira sa mga tagasira. Bago ng pagsisimula sa araling ito, magbubuod tayo – sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo – ng kaibahan sa pagitan ng Maliit na Kufr at Malaking Kufr at ng Maliit na Shirk at Malaking Shirk.

Ang mga Tagasira ng Pananampalataya

Ang Kufr (Kawalang-pananampalataya)

Ang Shirk

Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw)

Ang Riddah (Pagtalikod Islām)

C. Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw)

Ang Pagbibigay-kahulugan sa Nifāq
(Pagpapaimbabaw)

Ang Nifāq ay ang paglalantad ng Pananampalataya at ang pagkukubli ng Kawalang-pananampalataya.

Ang Nifāq ay isang sakit na karima-rimarim, na nagpapahina sa lakas ng Kalipunang Islām dahil ang mga Munāfiq (mapagpaimbabaw) ay naglalantad ng Pananampalataya kaya hindi tayo nakaaalam sa kasamaan nila. Dahil doon, nagbanta sa kanila si Allāh sa sabi Niya:

(إِنَّ الْمُنَافِقِينَ فِي الدَّرَكِ الْأَسْفَلِ مِنَ النَّارِ وَلَنْ تَجِدَ لَهُمْ نَصِيرًا)

{Tunay na ang mga mapagpaimbabaw ay nasa pinakamababang palapag ng Apoy. Hindi ka makatatagpo para sa kanila ng isang mapag-adya,}
(Qur'ān 4:145)

Ang mga Uri ng Nifāq

Ang Nifāq na Pampaniniwala

Tinatawag ito bilang Malaking Nifāq. Ito ay ang pagkukubli ng Kufr sa puso kasabay ng paglalantad ng mga gawain ng Islām. Ito ay nagpapalabas mula sa Kapaniwalaang Islām. Ang tagapagtaglay nito ay pananatilihin sa Impiyerno.

Kabilang sa mga halimbawa nito ang pagkasuklam sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o Islām o Qur'ān, ang pagkasuklam sa pagwawagi ng mga Muslim at ang pagkatuwa sa pagkawagi ng mga tagatangging sumampalataya.

Ang Nifāq na Panggawain

Tinatawag ito bilang Maliit na Nifāq. Nagaganap ito mula sa Muslim na nailalarawan sa pagtataglay ng mga kaasalan ng mga mapagpaimbabaw, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang tanda ng mapagpaimbabaw ay tatlo: kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling siya, kapag nangako siya ay nagtatalusira siya, at kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil siya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 33 at Imām Muslim: 58.)

Ang tagapagtaglay ng nifāq na panggawain ay hindi lumalabas mula sa Islām subalit kinakailangan sa kanya ang pagbabalik-loob at

kung hindi ay mahahantad siya pagdurusang dulot ni Allāh sa Araw ng Pagbangon.

D. Ang Riddah

Ang Pagbibigay-kahulugan sa Riddah

Ang Riddah ay ang paglipat ng Muslim mula sa Pananampalataya tungo sa Kawalang-pananampalataya dahil sa sinasabi o gawa o pinaniniwalaan.

Ang mga Pagkakahayag ng Riddah

Ang Riddah sa Pinaniniwalaan:

Tulad ng paniniwala sa kairalan ng isang katambal kay Allāh o na ang pangangalunya, ang alak, at ang patubo (ribā); o pagkakaila ng pagkakinakailangan ng ṣalāh o ng napagkaisahan ng mga Muslim sa pagpapahintulot o pagkabawal o pagkakinakailangan.

Ang Riddah sa Sinasabi:

Tulad ng pag-alipusta kay Allāh o sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o sa mga anghel o sa isa sa mga sugo Niya; o pag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid o pag-aangkin ng pagkapropeta o pagdalangin sa iba pa kay Allāh kaugnay sa walang nakakakaya kundi si Allāh, gaya ng kagalingan sa karamdaman.

Ang Riddah sa Ginagawa: Tulad ng pagpapatirapa sa isang anito o isang libingan at

ang paggawa ng panggagaway at ang pagtuturo nito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at magsusulat ako.

Takdaan mo ang mga uri ng Nifāq sa mga sumusunod na gawain kasama ng pagbibigay-katwiran:

Ang Gawain Ang Uri ng Nifāq Ang Pagbibigay-katwiran

Ang palaging pagtatamad-tamara sa ṣalāh.

Ang panunuya sa mga patakaran ng Islām.

Ang pagkakanulo sa mga kaibigan at ang pagpapalaganap ng mga lihim nila.

Ang pagkatuwa sa pagpatay sa mga Muslim.

Ang pagpapakitang-tao sa paggawa ng mga pagtalima.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at magtatakda ako.

Basahin mo ang mga sumusunod na gawain, pagkatapos takdaan mo ang gawain na natatalikod sa Islām dahil dito ang tagapagsagawa nito.

Nagtapon ang isang tao ng Muṣḥaf sa isang maruming lugar.

Nanuya ang isang tao ng mga Muslim na kapit-bahay niya.

Nag-aangkin ang isang tao na si Allāh ay nagbawal ng pag-inom ng alak.

Gumagawa ang isang tao ng panghuhula.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pag-aaral ng mga gawain ng Pananampalataya ay nagpapalayo sa Muslim sa Riddah. (✓)

Ang pagtalusira sa pangako ay kabilang sa mga anyo ng Malaking Nifāq. (X)

Ang Riddah ay dahil sa mga ginagawa at hindi dahil sa mga sinasabi. (X)

Ang Nifāq ay nagpapahina sa lakas ng Kalipunang Islām at naghahati-hati sa kabuuan nito. (✓)

Ang sinumang nagduda sa katapatan ng Marangal na Qur'ān, siya ay murtadd (tumalikod sa Islām).

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga kaparaanan ng paglunas sa paglaganap ng nifāq:

(ang pagbibigay-babala laban sa mga anyo nito - ang pakikihalubilo sa mga mapagpaimbabaw - ang pagpatay sa mga mapagpaimbabaw).

Kabilang sa mga pagkakahayag ng Riddah sa gawain:

(ang pagwaksi ng pag-aayuno - ang pagpapatirapa sa isang anito - ang paglait sa Relihiyong Islām).

Ang Nifāq na hindi nagpapalabas ng tagapagtaglay nito mula sa Kapaniwalaang Islām ay ang Nifāq na:

(Maliit - Panggawain - Pampaniniwala).

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga palatandaan ng Nifāq na Panggawain.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-pakahulugan ka sa bid`ah;

makapagbigay-patunay ka sa pagkapanganib ng mga bid`ah;

makapagbigay-linaw ka sa mga panuntunan sa bid`ah;

makapag-isa-isa ka ng mga uri ng bid`ah;

makapaglinaw ka ng kahatulan sa bid`ah;

makaiwas ka sa pagpapakamananamba kay Allāh ayon sa hindi isinasabatas.

Pagpapaumpisa

Naisalaysay ayon kay Imām Mālik (kaawaan siya ni Allāh) na siya ay nagsabi: **"Ang sinumang nagpauso sa Islām ng isang bid`ah na itinuturing niyang maganda, nagpalagay nga siya na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtaksil sa pagkasugo dahil si Allāh ay nagsasabi:**

(الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ)

{Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, } (Qur'ān 5:3)

Kaya ang anumang hindi naging relihiyon nang araw na iyon ay hindi nagiging relihiyon ngayong araw."

Al-I'tisām ni Ash-Shāṭibīy 1/49.

Ano ang pahiwatig sa sabi ni Imām Mālik (kaawaan siya ni Allāh) sa pagkapanganib ng bid`ah?

Ang Bid`ah

Ang Pagbibigay-kahulugan Rito

Ang mga Panuntunan sa Pag-alam sa Bid`ah

Ang mga Uri ng Bid`ah

Ang Kahatulan Nito

Ang Pagbibigay-babala sa Paggawa ng Bid`ah sa Relihiyon

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Bid`ah

Itinataguri ang bid`ah sa bawat anumang sumalungat sa Qur`ān o Sunnah o Ijmā` (nagkakaisang hatol) ng Ninuno ng Kalipunang Islām na mga paniniwala at mga pagsambang pinauso sa Relihiyon.

B. Ang Pagbibigay-babala sa Paggawa ng Bid`ah sa Relihiyon

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paggawa ng bid`ah sapagkat nagsabi siya: **"Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi pinagbatayan ang utos Namin, ito ay tatanggihan."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1718.)

Sa isang salaysay: **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."**

(Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 2697.)

Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"... ang pinakamasama sa mga bagay ay ang mga pinauso sa mga ito. Bawat pinauso ay bid`ah. Bawat bid`ah ay kaligawan."**
(Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'iy: 1578.)

C. Ang mga Panuntunan sa Pag-alam sa Bid`ah

May umiiral na mga panuntunan na walang pagkaiwas sa pagkasama-sama ng mga ito nang sa gayon maihatol sa gawain na ito ay bid`ah. Ang mga panuntunang ito ay:

Ang Pagpapauso. Ito ay ang paggawa ng isang bagong inimbento.

Ang Pagpapauso sa Relihiyon. Kaya naman hindi napaloob sa mga bid`ah ang mga nauukol sa Mundo.

Ang Kawalan ng Pagkakaroon ng Patunay na Legal. Kaya naman ang bawat gawain na may patunay na legal ay hindi bid`ah.

D. Ang mga Uri ng mga Bid`ah sa Relihiyon

Mga Bid`ah na Pampaniniwala, gaya ng paninirang-puri sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o paghatol

ng Kufr sa sinumang gumawa ng malaking kasalanan.

Mga Bid`ah na Panggawain, gaya ng pagpapatayo ng mga mawsoleo sa mga masjid at pagsasagawa ng ṭawāf sa paligid ng mga ito.

Mga Bid`ah na Pangsinasabi, gaya ng sinumang sumasambit ng "Allāhu akbar" o sumasambit ng "Lā ilāha illa -llāh" sa malakas na tinig sa sandali ng paghahatid ng patay sa libingan.

E. Ang Kahatulan sa Bid`ah

Bawat bid`ah sa Relihiyon ay ipinagbabawal at kaligawan subalit ang pagbabawal ay nagkakaibahan alinsunod sa uri ng bid`ah ayon sa sumusunod na paraan:

Mga bid`ah na nagiging tagatangging sumampalataya ang tagapagsagawa ng mga ito, tulad ng pag-aalay at pamamanata sa iba pa kay Allāh;

Mga bid`ah na nagiging suwail ang tagapasagawa ng mga ito, tulad ng paniniwala sa mga pananaw ng Khawārij;

Mga bid`ah na ang tagapagsagawa ng mga ito ay suwail, tulad ng asetismo at pagwaksi ng pag-aasawa bilang pagpapakamananamba kay Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbulay-bulay ako at kikilala ako ng kaibahan.

Kilalahin ang kaibahan ng mga uri ng mga bid`ah sa pamamagitan ng paglalagay ng tanda sa naaangkop na lugar.

Ang Bid`ah Panggawain Pampaniniwala

Ang pagparatang ng Khawārij ng kawalang-pananampalataya sa nakagagawa ng malaking kasalanan.

Ang pagsisigasig sa pagsasagawa ng ṣalāh sa mga oras ng pagsaway sa pagsasagawa nito.

Ang pagkakaila sa kaalaman ni Allāh sa gawain ng tao bago maganap ito.

Ang pag-aayuno sa lahat ng mga araw ng taon.

Ang pagpapasaklolo sa mga walīy at Sambahayan ng Propeta.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Ayon kay Ibnu `Abbās na nagsabi: **{Habang ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtatalumpati biglang siya ay nakakita ng isang lalaking nakatayo sa ilalim ng araw kaya nagtanong siya tungkol dito. Nagsabi sila: "Ito ay si Abū Isrā'il. Namanata siya na tumindig, hindi umupo, hindi magpalilim, hindi magsalita, at mag-**

ayuno." Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Mag-utos kayo sa kanya saka magsalita siya, magpalilim siya, umupo siya, at maglubos siya ng pag-aayuno niya."} (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 3302.) Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth na ito, pagkatapos tugunin mo ang sumusunod:

Ano ang natututuhan natin mula sa ḥadīth na ito:

Ano ang uri ng bid`ah na nagawa ng lalaki sa ḥadīth?

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako at magbibigay-babala ako sa iba.

Makikipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa panganib ng bid`ah sa pamamagitan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). **"Ang sinumang nagsakalakaran sa Islām ng isang masagwang kalakaran (sunnah) saka isinagawa ito matapos niya, magtatala sa kanya ng [kasalanang] tulad sa kasalanan ng sinumang nagsagawa niyon samantalang walang nababawas mula sa mga kasalanan nila na anuman."**

(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1017.)

Pagkatapos magsulat ka ng isang pagbibigay-babala laban sa bid`ah sa limang linya.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Natatangi ang bid`ah sa mga nauukol sa Relihiyon at Batas.

Ang mga pananaw ng Shi`ah at Khawārij ay kabilang sa mga bid`ah na panggawain.

Bawat bid`ah sa Relihiyon ay ipinagbabawal at kaligawan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi ayon dito ang utos Namin, ito ay"**

(tungkulin - kinasusuklaman - tatanggihan).

Kabilang mga panuntunan sa pag-alam sa bid`ah:

(ang pagpapauso - ang kaalaman - ang kamangmangan).

Kabilang sa mga bid`ah na napupulaan:

(ang pagsakay sa kotse - ang pagkatipon ng Qur`ān sa iisang kopya - ang pag-angat ng mga libingan).

Kabilang sa mga gawain na may legal na patunay at hindi napaloloob sa mga bid`ah:

(ang ṣalāh na tarāwīḥ - ang pag-aayuno ng buong buhay - ang pagpapatang na kawalang-pananampalataya sa tagapangalunya).

PANUTO 3: Isulat mo ang pagbibigay-kahulugan sa bid`ah.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili

Ang mga Layong Pampamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-linaw ka sa tinutukoy ng pagbubusilak sa sarili;

makahango ka ng patunay sa kahalagahan ng pagbubusilak sa sarili at mga bunga nito;

makapagsadamdamin ka sa pagkakailangan ng pagbubusilak sa sarili mo;

makapagsumikap sa pagbubusilak sa sarili mo.

Nagmamalasakit ang tao sa karikitan ng panlabas na anyo niya. Ito ay isang magandang bagay subalit ang pinamakahalaga ay na magmalasakit siya sa pagbubusilak sa sarili niya. Sa araling ito, matututuhan natin ang kahulugan ng pagbubusilak sa sarili, ang kahalagahan nito, at ang bunga nito.

A. Ang Konsepto ng Pagbubusilak sa Sarili

Pinapakay ng pagbubusilak sa sarili ang pagdadalisay sa sarili mula sa mga pagkahilig sa kasamaan at kasalanan at ang pagpapalago ng naturalesa ng kabutihan dito, na nauuwi sa pagpapakatuwid nito at pag-abot nito sa antas ng pagpapakahusay at pagsasaalang-alang kay Allāh.

B. Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili

Ang pagbubusilak ay isa sa mga misyon ng mga propeta.

Hindi nalilimitahan ang paanyaya ng mga propeta (sumakanila ang pangangalaga) sa Tawhīd, bagkus naglaman din ito ng pagdudulot ng edukasyon sa mga tao sa pagbubusilak sa mga sarili. Nagsabi si Allāh:

(كَمَا أَرْسَلْنَا فِيكُمْ رَسُولًا مِّنكُمْ يَتْلُوا عَلَيْكُمْ آيَاتِنَا وَيُزَكِّيكُمْ وَيُعَلِّمُكُمُ الْكِتَابَ وَالْحِكْمَةَ وَيُعَلِّمُكُم مَّا لَمْ تَكُونُوا تَعْلَمُونَ)

{Kung paanong nagsugo Kami sa inyo ng isang Sugo kabilang sa inyo, na bumigkas sa inyo ng mga tanda Namin, nagbubusilak sa inyo, nagtuturo sa inyo ng Aklat at Karunungan, at nagtuturo sa inyo ng hindi ninyo dati nalalaman.} (Qur'ān 2:151)

Ang pagbubusilak ay isang kadahilanan ng tagumpay.

Ginawa ni Allāh ang tagumpay ng tao sa Kabilang-buhay na nakaugnay sa pagbubusilak ng sarili nito. Nagsabi si Allāh:

(قَدْ أَفْلَحَ مَنْ زَكَّاهَا)

{nagtagumpay nga ang sinumang nagbusilak nito} (Qur'ān 91:9) Nagsabi rin si Allāh:

(قَدْ أَفْلَحَ مَنْ تَزَكَّى)

{Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa sarili]} (Qur'ān 91:14)

Ang pagbubusilak ay dumadagdag sa pananampalataya ng tao.

Ang sinumang nagbusilak ng sarili niya sa pamamagitan ng paggawa ng mga maayos na gawain at pag-iwas sa mga pagkakasala, madaragdagan ang pananampalataya niya at makatitikim siya ng tamis nito. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):
"May tatlo na ang sinumang gumawa ng mga ito ay nakalasa nga sa lasa ng pananampalataya: ang sinumang sumamba kay Allāh – tanging sa Kanya – sapagkat tunay

na walang Diyos kundi si Allāh; nagbigay ng zakāh ng yaman niya, na kaaya-aya dahil dito ang sarili; at nagbusilak ang isang tao ng sarili niya." Kaya nagsabi ang isang lalaki: "Ano po ang pagbubusilak ng tao sa sarili niya, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Nakaaalam siya na si Allāh ay kasama sa kanya saan man naroon." (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bayhaqīy sa Al-Kubrā: 7275.)

Ang Pagpapahalaga ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pagbubusilak ng Sarili

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay masigasig sa pagbubusilak ng sarili niya at pagpapatulong kay Allāh doon. Kabilang sa mga panalangin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Allāhumma āti nafsī taqwāhā wa-zakkahā anta khayru man zakkāhā, anta waliyuhā wa-mawlahā. (O Allāh, magbigay Ka sa sarili ko ng pangingilag magkasala nito at magbusilak Ka rito; Ikaw ay ang pinakamabuti sa sinumang nagbubusilak nito, Ikaw ay ang Katangkilik nito at ang Mapagtangkilik nito.)"** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2722.)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humihiling ng pagkupkop laban sa kasamaan ng sarili. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Allāhumma, alhimnī rushdī wa a`idhnī min**

sharri nafsī (O Allāh, magsiwalat Ka sa akin ng kagabayan ko at magkupkop Ka sa akin laban sa kasamaan ng sarili ko)." (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3483.)

C. Ang Bunga ng Pagbubusilak sa Sarili

Nagsasakatotohanan ang Muslim sa pamamagitan ng pagbubusilak ng sarili niya ng pagtamo ng Paraiso sa Kabilang-buhay. Nagsasabi si Allāh:

(وَأَمَّا مَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِ وَنَهَى النَّفْسَ عَنِ الْهَوَىٰ ۖ 40 فَإِنَّ
الْجَنَّةَ هِيَ الْمَأْوَىٰ) 41

{40. hinggil sa sinumang nangamba sa pagtayo sa [harap ng] Panginoon niya at sumaway sa sarili laban sa pithaya,

41. tunay na ang Paraiso ay ang kanlungan.}

(Qur'ān 79:40-41)

Ang tagapagbusilak ng sarili niya ay umaangat sa mga antas na pinakamatataas sa Paraiso. Nagsabi si Allāh:

(وَمَنْ يَأْتِهِ مُؤْمِنًا قَدْ عَمِلَ الصَّالِحَاتِ فَأُولَٰئِكَ لَهُمُ الدَّرَجَاتُ الْعُلَىٰ
 75 جَنَّاتُ عَدْنٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا وَذَٰلِكَ جَزَاءُ
 مَنْ تَزَكَّىٰ)

{75. Ang sinumang pumunta sa Kanya bilang mananampalataya ay gumawa ng mga maayos na gawa. Kaya ang mga iyon ay ukol sa kanila ang mga antas na pinakamatataas:

76. ang mga hardin ng Eden na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito. Iyon ay ang ganti sa sinumang nagpakabusilak.} (Qur'ān 20:75-76)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at makikipagtalakayan ako.

Nagsabi si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): **"Magtuos kayo ng mga sarili ninyo bago kayo tuusin at magpakagayak kayo para sa pinakamalaking paglalahad. Gagaan lamang ang pagtutuos sa Araw ng Pagbangon**

sa sinumang nagtuos ng sarili niya sa Mundo."
(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2459.)

Ayon sa liwanag niyon, makipagtalakayan ka sa tagapagturo mo at mga kaklase mo kaugnay sa sumusunod:

Ang Kahalagahan ng pagtuos sa sarili sa pagsasakatotohanan ng pagbubusilak.

Ano ang gagawin ng mananampalataya kapag nakatagpo siya sa sarili niya ng isang pagkukulang o isang pagsuway?

Aktibidad 2: Magpapakahulugan ako at mag-iisip ako.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dumadalangin noon sa pamamagitan ng panalanging ito: **"Allāhumma āti nafsī taqwāhā wa-zakkahā anta khayru man zakkāhā, anta waliyuhā wa-mawlāhā. (O Allāh, magbigay Ka sa sarili ko ng pangingilag magkasala nito at magbusilak Ka rito; Ikaw ay ang pinakamabuti sa sinumang nagbubusilak nito, Ikaw ay ang Katangkilik nito at ang Mapagtangkilik nito.)"** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2722.)

Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth, pagkatapos maglagay ka ng tanda sa harapan ng tumpak na napili:

Ang Paghinuha Nagpapahiwatig nito ang ḥadīth. Hindi nagpapahiwatig nito ang ḥadīth.

Ang lahat ng mga tao ay may pangangailangan sa pagbubusilak sa sarili.

Ang pagdalangin ay kabilang sa mga kaparaanan ng pagbubusilak sa sarili.

Ang mga tagasuway ay hindi nangangailangan ng pagbubusilak sa sarili.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagbubusilak ay nangangahulugan na magmapuri ang tao sa sarili niya sa harapan ng mga tao. (X)

Ang pagbubusilak sa sarili ay naglalaman ng kagandahan ng kaasalan at katapatan ng pakikipag-usap. (✓)

Ang sabi ni Allāh: {nagtagumpay nga ang sinumang nagbusilak nito} ay nagpapatunay ng kahalagahan ng pagbubusilak. (✓)

Ang pagtatambal kay Allāh ay ang kaunahan sa kinakailangan ang magdalisay ng sarili mula rito. (✓)

Ang mga karamdaman ng mga puso ay hindi nakaapekto sa pagbubusilak sa sarili. (X)

PANUTO 2: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pagbubusilak sa sarili ay kabilang sa mga misyon ng mga propeta.

Humiling ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagkupkop laban sa kasamaan ng sarili.

Ang pagbubusilak sa sarili ay kabilang sa mga paraang nagpaparating sa Paraiso.

PANUTO 3: Magbigay-linaw ka sa konsepto ng pagbubusilak sa sarili.

Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Paraan ng Pagbubusilak sa Sarili

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga paraan ng pagsasaayos sa sarili;

makahango ka ng patunay sa mga paraan ng pagsasaayos sa sarili;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng pagsasaayos sa sarili;

makapagsaayos ka sa mga kapintasan ng sarili mo.

Pagpapaumpisa

Nakaupo sina `Abdullāh at Muḥammad habang nag-iisip hinggil sa pagsasaayos ng lipunan nilang dalawa saka natagpuan nilang dalawa ang solusyon sa sabi ni Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ لَا يُغَيِّرُ مَا بِقَوْمٍ حَتَّىٰ يُغَيِّرُوا مَا بِأَنفُسِهِمْ)

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapaiba sa anumang nasa mga tao hanggang sa magpaiba sila sa nasa mga sarili nila.} (Qur'ān 13:11)

Kaya nagpasya silang dalawa na magsimula ng pagsasaayos sa mga sarili nila subalit silang dalawa ay nagtanungan: "Papaanong magpapaiba ang Muslim sa sarili niya?" Ito ang ipaliliwanag natin sa araling ito.

Ang mga Paraan ng Pagsasaayos sa Sarili

Ang Tawḥīd (Paniniwala sa Kaisahan) ni Allāh

Ang Pagpapatulong at ang Pagdalangin

Ang Pag-iwas sa mga Pagsuway

Ang Pagganap sa mga Tungkulin

Ang Pag-alaala kay Allāh at ang Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang Pagtuos sa Sarili

Ang Pakikihalubilo sa mga Maayos

Ang pagbubusilak sa sarili ay kinakailangan sa bawat Muslim. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga paraang tagapag-alalay roon:

Ang Tawḥīd (Paniniwala sa Kaisahan) ni Allāh

Ang kauna-unahan sa mga paraan ng pagbubusilak ng tao sa sarili niya ay ang Tawḥīd (Paniniwala sa Kaisahan) ni Allāh at ang pagkahumaling ng tao sa Panginoon niya dala ng pag-ibig, pangamba, at pag-asa. Kaya ang sinumang pinatnubayan ni Allāh doon, luluwag ang dibdib niya at mamumuhay siya na kaaya-aya ang sarili.

Ang Pagpapatulong kay Allāh at ang Pagdalangin sa Kanya

Kinakailangan sa Muslim na dumulog kay Allāh upang magsaayos para sa kanya ng sarili niya at magdalisay rito sapagkat tunay na ang pagbubusilak sa sarili at ang pagsasaayos nito ay nasa kamay ni Allāh. Nagsabi si Allāh:

وَلَوْلَا فَضْلُ اللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُ مَا زَكَايَ مِنْكُمْ مِّنْ أَحَدٍ أَبَدًا وَلَكِنَّ
اللَّهَ يُزَكِّي مَن يَشَاءُ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ

{Kung hindi dahil sa kagandahang-loob ni Allāh sa inyo at awa Niya, walang bumusilak kabilang sa inyo na isa man magpakailanman; subalit si Allāh ay nagbubusilak ng sinumang niloloob Niya. Si Allāh ay Madinigin, Maalam.} (Qur'ān 24:21)

Ang Pag-iwas sa mga Pagsuway

Kinakailangan sa Muslim na umiwas sa lahat ng mga pagkakasala at mga pagsuway, maging ito man ay mga pagsuway ng mga puso o mga pagsuway ng mga bahagi ng katawan. Nagsasabi si Allāh sa epekto ng pagwaksi ng pagtingin ng mga kahubaran:

(قُلْ لِلْمُؤْمِنِينَ يَغُضُّوا مِنْ أَبْصَارِهِمْ وَيَحْفَظُوا فُرُوجَهُمْ ذَلِكَ أَزْكَى لَهُمْ)

{Sabihin mo sa mga lalaking mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila at mag-ingat sila ng mga ari nila. Iyon ay higit na busilak para sa kanila.} (Qur'an 24:30)

Ang Pagganap sa mga Tungkulin

Kabilang sa pinakadakila sa mga patakaran ng pagsasabatas ng mga pagsamba ay na ito ay nagbubusilak sa mga sarili. Nagsabi si Allāh tungkol sa zakāh:

(خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا)

{Kumuha ka mula sa mga yaman nila ng isang kawanggawang magdadalisay sa kanila at magpapalago sa kanila sa pamamagitan nito}
(Qur'ān 9:103)

Kaya naman ang zakāh ay nagdadalisay sa sarili mula sa pag-iimbot at karamutan, at pag-ibig sa Mundo at pagsisigasig dito.

Ang Pag-alaala kay Allāh at ang Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang pag-alaala kay Allāh at ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān ay may dakilang epekto sa sarili sapagkat nagpababa nga si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ng Qur'ān bilang kagalingan para sa mga karamdaman ng sarili at bilang kapatnubayan para sa puso. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا النَّاسُ قَدْ جَاءَكُمْ مَوْعِظَةٌ مِنْ رَبِّكُمْ وَشِفَاءٌ لِمَا فِي
الْصُّدُورِ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ) (يونس: 57).

{O mga tao, may dumating nga sa inyo na isang pangaral mula sa Panginoon ninyo, isang lunas para sa nasa mga dibdib, isang patnubay, at isang awa para sa mga mananampalataya.} (Qur'ān 10:57)

Ang Pagtuos sa Sarili ang Pangangaral Dito

Ito ay nang sa gayon magsumikap ka sa paggawa ng nagpapalugod kay Allāh. Nagsasabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَلْتَنظُرَ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ لِغَدٍّ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ)

{O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh, at tumingin ang kaluluwa sa ipinauna niya para sa bukas. Mangilag kayong magkasala kay Allāh; tunay na si Allāh ay Mapagbatid sa anumang ginagawa ninyo.} (Qur'ān 59:18)

Ang Pakikihalubilo sa mga Maayos at ang Pakikisama sa Kanila

Nag-utos sa atin si Allāh niyon sa sabi Niya:

(وَأَصْبِرْ نَفْسَكَ مَعَ الَّذِينَ يَدْعُونَ رَبَّهُمْ بِالْغَدَاةِ وَالْعَشِيِّ يُرِيدُونَ
وَجْهًا)

{Magpatiis ka ng sarili mo kasama sa mga dumadalangin sa Panginoon nila sa umaga at gabi, na nagnanais [ng kaluguran] ng mukha Niya.}
(Qur'ān 18:28)

Kaya naman ang pakikisama sa taong maayos na nakakikita ng mga kapintasan ng sarili at mga kalagayan ito ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga landas ng pagbubusilak sa sarili at pagsusumikap sa pagsasaayos nito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako.

Hanguin mo ang mga kaparaanan ng pagbubusilak sa sarili mula sa mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang mga Kaparaanan ng Pagbubusilak

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ

{0 mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno kung paanong isinatungkulin ito sa mga bago pa ninyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala.} Qur'ān 2:183.

Ang Pagsasagawa ng Pag-aayuno
Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَسَيُجَنَّبُهَا الْأَتْقَى 17 الَّذِي يُؤْتِي مَالَهُ يَتَزَكَّى

{17. Paiiwasin doon ang pinakatagapangilag magkasala,

18. na nagbibigay ng yaman niya habang nagpapakabusilak [sa kasalanan]} (Qur'ān 92:17-18)

Ang Pagbibigay ng Zakāh
Nagsabi Siya (napakataas Siya):

قَدْ أَفْلَحَ مَن تَزَكَّى 14 وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى

{14. Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa sarili]

15. at bumanggit sa ngalan ng Panginoon niya saka nagdasal.} (Qur'ān 87:14-15)

Ang Pag-alaala kay Allāh at ang Pagsasagawa ng Ṣalāh

Nagsabi ang Propeta (s): "**Magpaparami kayo ng pag-alaala sa tagawasak ng mga sarap.**" (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 2307.) Ang Pagsasaalaala sa Kamatayan

Aktibidad 2: Makikilahok ako at hahango ako.

Ang pagbubusilak ay may mga paraan at mga kaparaanan. Mayroon din itong mga balakid at mga tagahadlang, na kabilang sa mga ito ang binanggit sa sabi ni Allāh:

(سَأَصْرِفُ عَنْ آيَتِيَ الَّذِينَ يَتَكَبَّرُونَ فِي الْأَرْضِ بِغَيْرِ الْحَقِّ وَإِنْ يَرَوْا كُلَّ آيَةٍ لَا يُؤْمِنُوا بِهَا وَإِنْ يَرَوْا سَبِيلَ الرُّشْدِ لَا يَتَّخِذُوهُ سَبِيلًا وَإِنْ يَرَوْا سَبِيلَ الْعِجْيِ يَتَّخِذُوهُ سَبِيلًا ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ كَذَّبُوا بِآيَاتِنَا وَكَانُوا عَنْهَا غَافِلِينَ)

{Maglilihis Ako palayo sa mga tanda Ko sa mga nagpapakamalaki sa lupa nang walang karapatan. Kung makakikita sila ng bawat tanda ay hindi sila sasampalataya rito. Kung makakikita sila ng landas ng pagkagabay ay hindi sila gagawa rito bilang landas. Kung makakikita sila ng landas ng pagkalisya ay gagawa sila rito bilang landas. Iyon ay dahil sila ay nagpasinungaling sa mga tanda Namin, at sila noon sa mga ito ay mga nalilingat.} (Qur'ān 7:146)

Sa pakikilahok sa tagapagturo mo, hanguin mo ang mga tagahadlang ng pagbubusilak sa sarili na nasasaad sa marangal na āyah.

Ang pagmamalaki, ang paglabag, ang kawalang-katarungan, ang pagpapasinungaling sa mga āyah ni Allāh, at ang pagtanggì sa katotohanan at ang hindi pagtanggap dito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagsunod sa Pampropetang Sunnah at isang kaparaanan ng pagbubusilak sa sarili. (✓)

Ang pagsasaayos sa sarili ay nauuwi sa pagsasaayos ng lipunan. (✓)

Ang pagbubusilak ay isang bagay na panloob na hindi naapektuhan ng mga panlabas na pandahilan. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga pagtalima na nagbubusilak sa sarili:

(ang pagsasagawa ng ṣalāh na nāfilah - ang pagkakawanggawa sa maralita - ang Tawḥīd (Paniniwala sa Kaisahan) ni Allāh).

Kabilang sa mga kaparaanan ng pagbubusilak sa sarili:

(ang pagsusumakit - ang pagkuha ng permiso - ang pagwaksi sa pagtatamasa ng yaman).

Kabilang sa mga paraan ng pagsasaayos sa sarili ang pagsasaalaala sa kamatayan at ang pagdalaw sa:

(mga kamag-anak - mga kaibigan - mga libingan).

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa epekto ng bawat isa mula sa sumusunod kaugnay sa pagbubusilak sa sarili:

Ang Pagpapanatili ng Ṣalāh

Ang Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang Pag-iwas sa mga Pagsuway

PANUTO 4: Ipaliwanag mo ang epekto ng pakikihalubilo sa mga maayos sa pagbubusilak sa sarili at pagsasaayos sa mga kapintasan nito.

Ang Ikaanim na Araling: Ang mga Gawain ng mga Puso

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga gawaing ng mga puso;

makahango ka ng patunay sa mga gawain ng mga puso;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng mga gawain ng mga puso;

makapagmalasakit ka sa mga gawain ng mga puso.

Pagpapaumpisa

Nagkaloob ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa puso ng isang pinakamalaking kahalagahan sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Pansinin at tunay na sa katawan ay may isang laman na kapag umayos ay umaayos ang katawan sa kabuuan nito at kapag tumiwali ay tumitiwali ang katawan sa kabuuan nito. Pansinin at ito ay ang puso."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 52 at Imām Muslim: 1599.)

Bakit ginawa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang katayuang ito para sa puso?

Tugunin mo ang tanong, pagkatapos magsagawa ka ng pagtatasa sa sagot mo matapos ng pagwawakas ng araling ito.

Kabilang sa mga Gawain ng mga Puso

1. ang layunin,
2. ang pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya,
3. ang pangamba at ang pag-asa,
4. ang pagsasaalang-alang,
5. ang pagsisisi,
6. ang pananalig,
7. ang pagdakila sa mga sagisag ni Allāh.

Ang puso ay ang pinakamahalaga sa mga bahagi ng katawan ng tao sapagkat ito ay ang kinalalagyan ng mga gawain ng mga puso, na nagpapakilos sa mga bahagi ng katawan para gawin ang mga pagtalima. Ang pinakamahalaga sa mga gawaing ito ay ang sumusunod:

Ang Layunin at ang Pagpapakawagas kay Allāh

Ang layunin ay ang pagpapakay ng pagpapakalapit-loob kay Allāh sa pamamagitan ng lahat ng mga pagtalima. Ito ay isang kundisyon para sa pagtanggap ng lahat ng mga gawain. Kinakailangan sa tao ang pagpapakawagas kay Allāh – tanging sa Kanya – sa lahat ng mga pagsamba niya. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tanging ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Tanging ukol sa bawat tao ang nilayon niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 1 at Imām Muslim: 1907.)

Ang Pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya

Ito ay sa pamamagitan ng pagtatangi sa nasa ganang kay Allāh, pagpupunyagi sa pagkalugod Niya sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagtalima, pag-iwas sa mga pagsuway, pagsunod sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya, at pagkapit sa pananampalataya. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa si Allāh at ang Sugo Niya ay maging higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa anumang iba pa sa kanilang dalawa." (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 12739.)

Naisasama sa pag-ibig kay Allāh at pag-ibig sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan), ang pag-ibig sa Marangal na Qur'ān, ang pag-ibig sa mga Muslim, at ang pag-ibig sa bawat anumang may kabutihan at pag-aangat sa Islām at mga Muslim.

Ang Pangamba at ang Pag-asa

Ang pangamba ay ang takot kay Allāh at sa pagdurusang dulot Niya kasama ng pagdakila sa Kanya at pag-ibig sa Kanya at pagwaksi sa pagsuway sa Kanya. Nagsasabi si Allāh:

(قُلْ إِنِّي أَخَافُ إِنْ عَصَيْتُ رَبِّي عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ 15)

{Sabihin mo: "Tunay na ako ay nangangamba, kung sumuway ako sa Panginoon ko, sa pagdurusang isang Araw na sukdulan." (Qur'ān 6:15)}

Ang pag-asa ay ang pagkapit sa awa ni Allāh at ang paghahangad sa paggawa Niya ng maganda kasama ng paggawa ng pagsisikap sa pagtalima sa Kanya, gaya ng sinabi ni Abraham (sumakanya ang pangangalaga):

(وَالَّذِي أَطْمَعُ أَنْ يَغْفِرَ لِي خَطِيئَتِي يَوْمَ الدِّينِ)

{na nagmimithi ako na magpatawad Siya sa
akin sa mga kamalian ko sa Araw ng
Pagtutumbas.} (Qur'ān 26:82)

Ang Pagsasaalang-alang

Ang pagsasaalang-alang ay ang kaalaman ng
tao at ang katiyakan niya na si Allāh ay
nakababatid sa panlabas niya at panloob niya.
Nagsabi si Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَيْكُمْ رَقِيبًا)

{Tunay na si Allāh laging sa inyo ay
Mapagmasid.} (Qur'ān 4:1)

Ang Pagsisisi

Ito ay ang pagbabalik-loob at ang
panunumbalik kay Allāh at ang pagpaparami ng
paggawa ng mga maayos na gawa. Nagsabi si
Allāh:

(وَأَنِيبُوا إِلَى رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا لَهُ مِنْ قَبْلِ أَنْ يَأْتِيَكُمُ الْعَذَابُ ثُمَّ لَا
تُنصَرُونَ) (الزمر: 54).

"Nagsisising bumalik kayo sa Panginoon ninyo at magpasakop kayo sa Kanya bago pa pumunta sa inyo ang pagdurusang, pagkatapos hindi kayo maiaadya." (Qur'ān 39:54)

Ang Pananalig

Ito ay ang pagsalig kay Allāh at pagtitiwala sa kakāyahan Niya, karunungan Niya, at pagkamapagbigay Niya; at na sinumang manalig kay Allāh ay sasapat Siya rito. Nagsabi si Allāh:

(وَمَنْ يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ)

{Ang sinumang nananalig kay Allāh, Siya ay kasapatan dito.} (Qur'ān 65:3)

Ang Pagdakila sa mga Sagisag ni Allāh

Ito ay sa pamamagitan ng pagsasadamdamin sa kadakilaan ni Allāh, pagsamba sa Kanya, at pagangat sa pumapatungkol sa mga utos Niya. Nagsabi si Allāh:

(ذَٰلِكَ وَمَنْ يُعِظَّمْ شَعِيرَ اللَّهِ فَإِنَّهَا مِنْ تَقْوَى الْقُلُوبِ)

{Iyon nga. Ang sinumang dumadakila sa mga sagisag ni Allāh, tunay na ang mga ito ay bahagi ng

pangingilag magkasala ng mga puso.} (Qur'ān 22:32)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi si Allāh habang nagbubunyi kay Propeta Zacarias (sumakanya ang pangangalaga) at sa sambahayan niya:

(إِنَّهُمْ كَانُوا يُسْرِعُونَ فِي الْحَيَرَاتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا
وَكَانُوا لَنَا خَشِيعِينَ)

{Tunay na sila noon ay nakikipagmabilisan sa mga kabutihan at dumadalangin sa Amin sa pagmimithi at sa pangingilabot. Sila noon sa Amin ay mga nagtataimtim.} (Qur'ān 21:90)

Ano ang mangyayari kung sakaling nagkasya ang tao sa pangamba nang walang pag-asa?

Ano ang mangyayari kung sakaling nagkasya ang tao sa pag-asa nang walang pangamba?

Ang pagkakasya sa pangamba nang walang pag-asa ay nauuwi sa kawalang-pag-asa sa awa ni Allāh.

Ang pagkakasya sa pag-asa nang walang pangamba ay nauuwi sa pagkalinlang at paggawa ng mga pagsuway.

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at maghuhulo ako.

Pagbulay-bulayan mo ang mga teksto, pagkatapos huluhin mo ang mga gawain ng mga puso na ipinahihiwatig sa mga ito:

Ang Teksto Ang mga Gawain ng mga Puso

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَأَسْتَعِينُوا بِالصَّبْرِ وَالصَّلَاةِ وَإِنَّهَا لَكَبِيرَةٌ إِلَّا عَلَى
الْخَاشِعِينَ)

{Magpatulong kayo sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal. Tunay na ito ay talagang mabigat maliban sa mga nagtataimtim,} (Qur'an 2:45)

Ang Pagtitiis

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(ذَٰلِكَ مِنْ فَضْلِ اللَّهِ عَلَيْنَا وَعَلَى النَّاسِ وَلَكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا
يَشْكُرُونَ)

{Iyon ay bahagi ng kabutihang-loob ni Allāh sa amin at sa mga tao, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi nagpapasalamat.} (Qur'ān 12:38)

Ang Pagpapasalamat

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(قُلْ إِنِّي أُمِرْتُ أَنْ أَعْبُدَ اللَّهَ مُخْلِصًا لَهُ الدِّينَ)

{Sabihin mo: "Tunay na ako ay inutusan na sumamba kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa relihiyon} (Qur'ān 39:11) Ang Pagpapakawagas

Aktibidad 3: Mag-iisip ako at maghuhulo ako.

Ibinibilang ang kataimtiman sa ṣalāh at ang kamalayan ng puso sa sandali ng pagbigkas ng Qur'ān na kabilang sa pinakamarami sa mga gawain ng mga puso sa pag-uulit-ulit sa buhay ng Muslim. Sa pamamagitan niyon, mag-isip ka hinggil sa pinakamahalaga sa limang kaparaanang tutulong sa iyo sa pagkamit ng kataimtiman sa ṣalāh.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nauugnay ang pag-asa kadalasan sa:

(pag-ibig - pananalig - pangamba).

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿مَنْ خَشِيَ الرَّحْمَنَ بِالْغَيْبِ وَجَاءَ بِقَلْبٍ مُنِيبٍ﴾،

{na sinumang natakot sa Napakamaawain nang nakalingid at naghatid ng isang pusong nagsisising bumabalik.} ay nagpapahiwatig ng:

(pangamba at pag-asa - pagkatakot at pagsisisi - kataimtiman at pagpapatulong).

Ang pagsasagawa ng ṣalāh sa mga oras nito ay nagpapahiwatig ng:

(pag-asa - pagdakila sa mga sagisag - pananalig).

PANUTO 2: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pagkakinakailangan ng pagpapakawagas sa pagsamba.

Ang kaugnayan ng pag-ibig sa pananampalataya.

Ang pagtutugma sa pagitan ng pangamba at pag-asa.

PANUTO 3: Bigyang-linaw mo ang tinutukoy sa bawat isa (pagsisisi - pagsasaalang-alang).

Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta

Ang Unang Aralin: Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya;

makahango ka ng patunay sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng pagganap sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makaganap ka sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Pagpapaumpisa

Nagsasabi si Allāh:

(النَّبِيُّ أَوْلَىٰ بِالْمُؤْمِنِينَ مِنْ أَنفُسِهِمْ)

{Ang Propeta ay higit na marapat sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila.}

(Qur'ān 33:6)

Makipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa kahulugan ng marangal na āyah na ito.

Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Pagtalima sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Paggalang at ang Pagpipitagan sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Pagsunod sa Sunnah ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Basbas at ang Pangangalaga ay Ukol sa Propeta

Hindi nalilimitahan ang kinakailangan sa atin tungo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan) sa pagsampalataya sa kanya, bagkus sumasaklaw rin ito sa pagsasagawa ng lahat ng mga karapatan niya na nasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga karapatang iyon:

Ang Pagtalima sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang pagtalima sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bahagi ng pagtalima kay Allāh. Nagsasabi si Allāh:

(مَنْ يُطِيعِ الرَّسُولَ فَقَدْ أَطَاعَ اللَّهَ)

{Ang sinumang tumatalima sa Sugo ay tumalima nga kay Allāh.} (Qur'ān 4:80)

Ang pagtalima sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang buong Kalipunan ko ay papasok sa Paraiso, maliban sa sinumang tumanggi."** Nagsabi sila: **"O Sugo ni Allāh, at sino po naman ang tatanggi?"** Nagsabi siya: **"Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay tumanggi nga."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 7280.)

Ang Pag-ibig sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan):

Ang pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): ay kinakailangan. Hindi naisasakatotohanan ang pananampalataya malibang sa pamamagitan nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa anak niya, magulang niya, at mga tao sa kalahatan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 15 at Imām Muslim: 44.)

Ang Paggalang at ang Pagpipitagan sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Inoblige nga ni Allāh ang paggalang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang pagdakila sa kabuluhan niya, at ang pag-aasal sa kanya. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَرْفَعُوا أَصْوَاتَكُمْ فَوْقَ صَوْتِ النَّبِيِّ وَلَا تَجْهَرُوا لَهُ بِالْقَوْلِ كَجَهْرِ بَعْضِكُمْ لِبَعْضٍ أَن تَحْبَطَ أَعْمَالُكُمْ وَأَنتُمْ لَا تَشْعُرُونَ)

{0 mga sumampalataya, huwag kayong magtaas ng mga tinig ninyo higit sa tinig ng Propeta at huwag kayong maglakas [ng tinig] sa

kanya sa pagsasabi gaya ng pagpapalakas ng tinig ng ilan sa inyo sa iba pa dahil [baka] mawalang-kabuluhan ang mga gawa ninyo samantalang kayo ay hindi nakararamdam.} (Qur'ān 49:2)

Si Imām Mālik bin Anas (kaawaan siya ni Allāh), kapag nagsanaysay siya buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), ay nagsasagawa ng wuḍū' at nagsusuot ng pinakamaganda sa mga damit niya bilang paggalang at bilang respeto sa ḥadīth ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Pagsunod sa Sunnah ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang pagsunod sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang patunay sa katapatan ng pag-ibig kay Allāh (napakataas Siya) at sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at isang daan ng pagtamo ng pag-ibig ni Allāh. Nagsabi si Allāh:

﴿قُلْ إِنْ كُنْتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ
وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ﴾

{Sabihin mo: "Kung kayo ay umiibig kay Allāh, sumunod kayo sa akin; iibig sa inyo si Allāh at magpapatawad Siya sa inyo ng mga pagkakasala ninyo. Si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain."} (Qur'ān 3:31)

Ang Basbas at ang Pangangalaga ay Ukol sa Propeta

Nag-utos sa atin si Allāh ng pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi si Allāh:

(إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا)

{Tunay na si Allāh at ang mga anghel Niya ay nagbabasbas sa Propeta. O mga sumampalataya, dumalangin kayo ng pagbasbas sa kanya at bumati kayo sa kanya ng pagbati ng kapayapaan.} (Qur'ān 33:56)

Ang pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may dakilang gantimpala at epekto sa pagpapadali ng

mga bagay-bagay at pagtugon sa mga kinakailangan. Kabilang sa nasaad hinggil sa kainaman nito ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang dumalangin ng basbas para sa akin ay magbabasbas si Allāh sa kanya nang makasampu."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 384.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at tutugon ako.

{May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na ikaw ay talagang higit na iniibig para sa akin kaysa sa sarili ko, tunay na ikaw ay higit iniibig para sa akin kaysa sa sambahayan ko at yaman ko at higit na iniibig sa akin kaysa sa anak ko. Tunay na [kapag] ako ay talagang nasa bahay saka nakaalaala ako sa iyo, hindi ako makatitiis hanggang sa makapunta ako sa iyo saka titingin ako sa iyo. Kapag naalaala ko ang kamatayan ko at kamatayan mo, nalalaman ko na ikaw, kapag nakapasok ka sa Paraiso, ay iaangat kasama ng mga propeta. Tunay na ako, kapag nakapasok ako sa Paraiso, ay matatakot na hindi makakita sa iyo." Hindi tumugon sa kanya ang Propeta ng anuman hanggang sa bumaba si Anghel Gabriel kalakip ng āyah na ito: {Ang sinumang tumatalima kay Allāh at sa

Sugo, ang mga iyon ay kasama ng mga biniyayaan ni Allāh kabilang sa mga propeta, mga matapat, mga martir, at mga maayos. Kay ganda ang mga iyon bilang kasama!}} (Qur'ān 4:69) (Nagsalaysay nito si Imām Aṭ-Ṭabarānīy sa Al-Awsaṭ: 477.)

Pagbulay-bulayan mo ang kasaysayang ito, pagkatapos iugnay mo ang mga parirala ng kasaysayan sa ipinahihiwatig na mga kahulugan sa talahanayang ito:

Ang Parirala Ang Ipinahihiwatig

{tunay na ikaw ay talagang higit na iniibig para sa akin kaysa sa sarili ko, tunay na ikaw ay higit iniibig para sa akin kaysa sa sambahayan ko at yaman ko at higit na iniibig sa akin kaysa sa anak ko.}

Ang kataasan ng katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Paraiso.

Na ikaw, kapag pumasok ka sa Paraiso, iaangat ka kasama ng mga propeta.

Ang tindi ng pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

(وَمَنْ يُطِيعِ اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ مِنَ النَّبِيِّينَ).

{Ang sinumang tumatalima kay Allāh at sa Sugo, ang mga iyon ay kasama ng mga biniyayaan ni Allāh kabilang sa mga propeta,}

May bagay na bumabagabag sa Kasamahan at natatakot siya na hindi mangyari iyon.

"Tunay na ako, kapag nakapasok ako sa Paraiso, ay matatakot na hindi makakita sa iyo."

Ang ganti sa mga tagatalima ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at magmumungkahi ako.

Makikipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagmungkahi ng mga kaparaanan ng pagbibigay-kamalayan sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa gitna ng mga pamilya ninyo at mga kaibigan ninyo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Iniibig natin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa karikitan ng mga katangian niya at kabutihang-loob niya sa atin.

Ang pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may mga tinakdaang oras.

Ang pagsunod sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpapatunay ng katapatan sa ng pag-ibig natin kay Allāh.

Natatangi ang paggalang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang nakakita sa kanya kabilang sa mga Kasamahan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang ehemplo ng kalubusang pantao na natutularan.

PANUTO 2: Ipaliwanag mo ang mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagpapatunay sa mga ito ang bawat isa mula sa sumusunod:

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay tumanggi nga."**

Si Imām Mālik bin Anas (kaawaan siya ni Allāh), kapag nagsanaysay siya buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), ay nagsasagawa ng wuḍū' at nagsusuot ng pinakamaganda sa mga damit niya ...

Nagsabi ang Propeta (s): **"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa**

sa anak niya, magulang niya, at mga tao sa kalahatan."

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga kinakailangan sa Muslim tungo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Magsulat ka ng tatlong gawaing pang-araw-araw na isinasagawa ng Muslim, na nagpapahayag ng pagtupad niya sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka tinutukoy ng Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makahango ka ng patunay sa kainaman ng Sambahayan;

makapagpaliwanag ka sa mga patakarang natatangi sa Sambahayan;

makapag-isa-isa ka ng mga karapatan ng Sambahayan;

makapagpatupad ka ng tagubilin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa Sambahayan;

makapagdakila ka sa kabuluhan ng Sambahayan.

Narinig ni `Umar ang imām ng masjid habang bumigkas sa ṣalāh ng sabi ni Allāh:

(إِنَّمَا يُرِيدُ اللَّهُ لِيُذْهِبَ عَنْكُمُ الرِّجْسَ أَهْلَ الْبَيْتِ وَيُطَهِّرَكُمْ تَطْهِيرًا)

{Nagnanais lamang si Allāh na mag-alis sa inyo ng karumihan, O Sambahayan, at magdalisay sa inyo nang isang pagdadalisay.} (Qur'ān 33:33)

Nagtanong si `Umar sa imām matapos ng ṣalāh: "Sinu-sino po ang Sambahayan, Shaykh? Bakit po nagtangi sa kanila si Allāh sa marangal na āyah? Mayroon po ba silang mga karapatang natatangi sa kanila?"

Malalaman mo, kapatid kong mag-aaral, ang sagot sa mga tanong na ito sa araling ito.

A. Sinu-sino ang Sambahayan ng Propeta?

Ang salitang "sambahayan" ay nangangahulugan ng mag-anak ng lalaki, mga anak niya, at mga maybahay niya.

Ang tinutukoy ng Sambahayan ay ang mag-anak ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na sumampalataya sa kanya kabilang sa angkan ni Hāshim at angkan ni `Abdulmuṭṭalib at mga supling nila at gayon din ang mga maybahay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

B. Ang mga Kainaman ng Sambahayan

Naging karapat-dapat ang Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpaparantal dahil sa pananampalataya nila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at kaugnayan ng kaangkanan nila sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kabilang sa mga anyo niyon:

Nagdalisay sa kanila si Allāh sa mga kahalayan at karumihan ng demonyo. Nagsabi si Allāh:

(إِنَّمَا يُرِيدُ اللَّهُ لِيُذْهِبَ عَنْكُمُ الرِّجْسَ أَهْلَ الْبَيْتِ وَيُطَهِّرَكُمْ
تَطْهِيرًا)

{Nagnanais lamang si Allāh na mag-alis sa inyo ng karumihan, O Sambahayan, at magdalisay sa inyo nang isang pagdadalisay.} (Qur'ān 33:33)

Nag-utos si Allāh ng pag-ibig sa kanila at pagmamahal sa kanila bilang pagpaparangal kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi si Allāh:

(قُلْ لَا أَسْأَلُكُمْ عَلَيْهِ أَجْرًا إِلَّا الْمَوَدَّةَ فِي الْقُرْبَىٰ)

{Sabihin mo: "Hindi ako humihingi sa inyo dahil doon ng isang pabuya maliban sa pagmamahal alang-alang sa pagkakamag-anak."} (Qur'ān 42:23)

Ibig sabihin: Sabihin mo sa kanila, O Sugo ni Allāh: "Hindi ako humihingi sa inyo, O mga tao, ng isang pabuya sa pag-aanyaya ko sa inyo, maliban na magmahal kayo sa Sambahayan ko makipag-ugnayan kayo sa kanila."

Ginawa ni Allāh ang mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mga ina ng mga mananampalataya. Nagsabi si Allāh:

(النَّبِيُّ أَوْلَىٰ بِالْمُؤْمِنِينَ مِنْ أَنفُسِهِمْ وَأَزْوَاجُهُ أُمَّهَاتُهُمْ)

{Ang Propeta ay higit na marapat sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila. Ang mga maybahay niya ay mga ina nila.} (Qur'ān 33:6)

C. Ang mga Patakarang Natatangi sa Sambahayan

Ang Pagbabawal sa Pagbibigay sa Kanila ng Kawanggawa

Kaya naman ipinagbabawal ang pagbibigay ng kawanggawa sa isa sa Sambahayan ng Propeta bilang pag-angat sa halaga nila at pagtataas sa pumapatungkol sa kanila. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang mga kawanggawang ito ay tanging mga dumi ng mga tao at tunay na ang mga ito ay hindi ipinahihintulot kay Muḥammad at hindi sa mag-anak ni Muḥammad."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1072.)

Ito ay kasunod matapos ng tashahhud sa ṣalāh at sa iba pa rito. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsabi ng:

Ito matapos kaagad ng Tashahhud sa ṣalāh sa iba pa. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsabi ng: **"Allāhumma ṣalli `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā ṣallayta `alā Ibrāhīm wa-**

`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd; Allāhumma bārik `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā bārakta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)" (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 3370.)

Ang Tagubilin ng Sugo (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Hinggil sa Kanila

Nagtagubilin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunang Islām ng kabutihan hinggil sa Sambahayan niya sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Nagpapaalaala ako sa inyo kay Allāh kaugnay sa Sambahayan ko. Nagpapaalaala ako sa inyo kay Allāh kaugnay sa Sambahayan ko. Nagpapaalaala ako sa inyo kay Allāh kaugnay sa Sambahayan ko."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2408.)

D. Ang mga Karapatan ng Sambahayan

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga karapatan ng Sambahayan:

Kinakailangan ang umibig sa Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang mag-adya sa kanila, at ang tumangkilik sa kanila.

Ipinagbabawal ang masuklam sa kanila o ang mangaway sa kanila o ang magmithi ng kasagwaan sa kanila.

Kinakailangan ang magdakila sa kabuluhan nila at ang magpatibay sa mga kainaman nila na nasasaad sa Qur'ān at Sunnah.

Ipinagbabawal ang paghamak sa kanila o ang pagparatang sa kanila ng kasagwaan o ang pagsumpa sa kanila o ang tulad niyon.

Ipinagbabawal ang pag-aasawa sa mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang pagbubukod sa karangalan niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at bilang pagpaparangal sa dangal niya.

Tumatangging sumampalataya ang sinumang nagpaparatang sa ina ng mga mananampalataya na si `Ā'isah ng pangangalunya matapos na nagpababa si Allāh sa Qur'ān ng kainosentehan niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at magpapahayag ako.

Basahin mo ang mga sumusunod na ḥadīth, pagkatapos magbuod ka ng ipinahihiwatig ng mga ito na mga kainaman ng Sambahayan at mga karapatan nila, pagkatapos magpahayag ka ng damdamin mo tungo sa mga ito.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya): **"Hindi ka ba nalulugod na ikaw sa akin ay maging nasa katayuan ni Aaron kay Moises (sumakanilang dalawa ang pangangalaga) maliban na walang propeta matapos ko?"** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3706 at Imām Muslim: 2404.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Fāṭimah: **"Hindi ka ba nalulugod na ikaw ay maging ginang ng mga babae ng mga mamamayan ng Paraiso?"** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3624 at Imām Muslim: 2450.)

Nagsabi si `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya): **{Nagtanong ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Alin po sa mga tao ang pinakakaibig-ibig sa iyo?" Nagsabi siya: "Si `Āishah." Kaya nagsabi sabi ako: "Mula naman po sa mga lalaki?" Kaya nagsabi naman siya: "Ang ama niya."}** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3662 at Imām Muslim: 2384.)

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at hahango ako ng patunay.

Ang sinumang kabilang sa Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at hindi sumampalataya sa kanya, magpapakinabang ba sa kanya iyon?

Ano ang kaugnayan ng kahulugang ito sa mga sumusunod na āyah:

(تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ 1 مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ 2 سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ) (المسد: 1-3). (وَنَادَىٰ نُوحٌ ابْنَهُ وَكَانَ فِي مَعْزِلٍ يٰبُنَيَّ اٰرْكَبْ مَعَنَا وَلَا تَكُنْ مَعَ الْكَافِرِينَ 42 قَالَ سَاوِيْ اِلَى جَبَلٍ يَعْصِمُنِي مِنَ الْمَآءِ قَالَ لَا عَاصِمَ الْيَوْمَ مِنْ اَمْرِ اللّٰهِ اِلَّا مَنْ رَّحِمَ وَحَالَ بَيْنَهُمَا الْمَوْجُ فَكَانَ مِنَ الْمُغْرَقِيْنَ)

{1. Napahamak ang dalawang kamay ni Abū Lahab at napahamak siya! 2. Hindi nakapagdulot para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya. 3. Masusunog siya sa isang Apoy na may lagablab} (Qur'ān 111:1-3)

{42. Ito ay naglayag lulan sila sa mga alon na gaya ng mga bundok. Nanawagan si Noe sa anak

niya habang ito ay nasa pinaglayuan [nito]: "O anak ko, sumakay ka kasama sa amin at huwag kang maging kabilang sa mga tagatangging sumampalataya." 43. Nagsabi ito: "Kakanlong ako sa isang bundok na magsasanggalang sa akin laban sa tubig." Nagsabi siya: "Walang tagapagsanggalang sa araw na ito laban sa pasya ni Allāh maliban sa kinaawaan Niya." Humarang sa pagitan nilang dalawa ang mga alon, kaya ito ay naging kabilang sa mga nalunod.}

(Qur'ān 11:42-43)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Si `Āishah (malugod si Allāh sa kanya) ay kabilang sa Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). (✓)

Natatangi ang mga kainaman ng Sambahayan kay Fāṭimah at sa mga anak niya. (X)

Natatangi ang mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbabawal sa pag-aasawa sa kanila matapos ng pagpanaw niya. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang mga napaloloob sa Sambahayan ng Propeta ay:

(ang mga tiyuhin sa ama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - ang mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - ang mga lolo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)).

Ang kauna-unahan sa sumampalataya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay:

(sina Khadījah at `Alīy - sina Khadījah at `Āishah - sina Khadījah at Fāṭimah).

Kabilang sa mga anyo ng pag-angat sa pumapatungkol sa Sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

(ang pagpigil sa pag-aasawa sa mga babae nila - ang pagpigil sa kanila sa pagtanggap ng kawanggawa - ang pagpigil sa kanila sa pakikihalubilo sa mga tao).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Sinu-sino ang Sambahayan ng Propeta?

Magsulat ka ng tatlo sa mga karapatan ng Sambahayan.

Magsulat ka ng dalawang kainaman mula sa mga kainaman ng Sambahayan (malugod sa kanila si Allāh) at humango ka ng patunay sa dalawang ito.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

1. makapagpaliwanag ka ng kahulugan ng pagpapasidhi at pagkasuklam sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mararangal na Sambahayan niya;

2. makapag-isa-isa ka sa mga pagkakahayag ng pagpapasidhi at pagkasuklam sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mararangal na Sambahayan niya;

3. makapagbigay-babala ka laban sa pagpapasidhi at pagkasuklam sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mararangal na Sambahayan niya;

4. makapag-anyaya ka para sa pagkakatatamtaman at pagkapatas sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mararangal na Sambahayan niya.

Ang Pagpapaumpisa

Ayon kay `Abdullāh bin Abī Awfā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Noong dumating si Mu`ādh mula sa Shām, nagpatirapa ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ano ito, O Mu`ādh?" Nagsabi ito: "Dumating ako sa Shām saka nakasumpong ako sa kanila na nagpapatirapa sa mga obispo nila at mga patriyarko nila, kaya napamahal sa sarili ko na gumawa kami niyon sa iyo." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya huwag ninyong gawin."}
(Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 1853.)

Makipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa kahulugan ng ḥadīth, pagkatapos magbigay-katwiran ka sa pagsaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapatirapa sa kanya.

A. Ang mga Pagkakahayag ng Pagpapasidhi sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Pagpapalabis-labis sa Paglalarawan sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Talaga ngang nagbigay-babala sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapalabis-labis sa paglalarawan sa kanya at pagbubunyi sa kanya dahil ito ay nauuwi sa pagpapasidhi. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyanos sa Anak ni Maria sapagkat ako lamang ay alipin Niya. Kaya sabihin ninyo: Alipin ni Allāh at Sugo Niya.**" (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 3445.)

Kabilang sa mga halimbawa niyon ang pag-aangkin na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakaaalam sa nakalingid o na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nilikha mula sa isang liwanag.

Ang Pagpapasaklolo sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang paghiling ng anumang walang nakakakaya kundi si Allāh, gaya ng pagpapagaling sa mga maysakit o pagpapatawad sa mga pagkakasala o tulad niyon.

Sumaway nga sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paghiling sa iba pa kay Allāh sapagkat nagsabi siya: **"Kapag humiling ka, humiling ka kay Allāh; at kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2516.)

Ang Panunumpa sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Sumaway sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagsumpa sa iba pa kay Allāh sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Pansinin, tunay na si Allāh ay sumasaway sa inyo na manumpa kayo sa mga ama ninyo. Ang sinumang manunumpa ay manumpa siya kay Allāh o manahimik siya."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6646.)

B. Ang mga Pagkakahayag ng Pagkasuklam sa Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Kakauntian ng Pagdakila sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang ilan sa mga tao ay hindi nagdadakila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa puso nila, hindi gumagalang sa patnubay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at hindi nagmamagandang-asal sa pagsasalita tungkol sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Maaaring nanunuya ang ilan sa mga tao sa isang

utos na pampropeta sa Sunnah ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Sumaway nga sa atin si Allāh laban na magtrato tayo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o magsalita tayo tungkol sa kanya tulad ng sa nalalabi sa mga tao. Nagsabi si Allāh:

(لَا تَجْعَلُوا دُعَاءَ الرَّسُولِ بَيْنَكُمْ كَدُعَاءِ بَعْضِكُمْ بَعْضًا)
(النُّور: 63).

{Huwag kayong gumawa sa pagtawag sa Sugo sa gitna ninyo gaya ng pagtawag ng ilan sa inyo sa iba.} (Qur'ān 24:63)

Ang Pagtangi sa Sunnah ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Iyon ay sa pamamagitan ng pagtutol sa mga ḥadīth ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa pag-aakala ng pagkasalungat ng mga ito sa isip o ng kawalan ng kaangkupan ng mga ito sa kasalukuyang panahon. Gayon din ang pagpapakamalaki sa pag-ayaw sa pagtanggap sa patnubay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagwaksi sa pagtulad sa kanya bilang pagsunod sa pithaya ng sarili o bilang paggaya-gaya sa iba sa kanya kabilang sa mga napapanahong napatanyag.

Ang Pagwaksi sa Pagdalangin ng Basbas at Pangangalaga sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakakaunti na maaaring magampanan natin mula sa mga karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang maramot ay ang sinumang nabanggit ako sa piling niya ngunit hindi dumalangin ng basbas sa akin."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3546.)

Ang Kawalan ng Pagkakaalam sa Talambuhay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at mga Kainaman Niya

Ang pagkakaalam sa talambuhay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), buhay niya, at mga kainaman niya at nakadaragdag sa Muslim ng pag-ibig, paggalang, pagmamagandang-asal, at pagsunod sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

C. Ang Pagpapasidhi at ang Pagkasuklam sa Karapatan ng Sambahayan

Tunay na ang paggalang sa Sambahayan at ang pagrespeto sa kanila ay bahagi ng kalubusan ng pagdakila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Hindi pinapayagan sa isang Muslim

na manirang-puri sa isa man sa Sambahayan o na manlait sa kanya o sumumpa sa kanya sapagkat sumaway nga sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban doon.

Gayon din, hindi pinapayagan ang pagpapasidhi kaugnay sa Sambahayan. Kabilang sa mga iyon:

Ang pagsabi ng pagkakapangalaga (iṣmah) ng Sambahayan laban sa mga pagkakasala.

Ito ay sumasalungat sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat anak ni Adan ay nagkakamali at ang pinakamainam sa mga mapagkamali ay ang mga palabalik-loob."** (Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhī: 2499 at Imām Aḥmad: 13049.)

Ang Pag-aangkin na Sila ay Nakaalam sa Nakalingid

Ito ay sumasalungat sa Marangal na Qur'ān sapagkat ang nakalingid ay hindi nalalaman kundi ni Allāh. Maaaring bumababa noon ang pagkasi sa ilan sa mga propeta (sumakanila ang pangangalaga), na nagpapabatid sa kanila ng ilan sa nakalingid. Nagsasabi si Allāh:

(عَلِمَ الْغَيْبِ فَلَا يُظْهِرُ عَلَى غَيْبِهِ أَحَدًا 26 إِلَّا مَنِ ارْتَضَىٰ مِنْ رَسُولٍ)

{26. [Siya] ang Tagaalam sa nakalingid, saka hindi Siya naghahayag sa inilingid Niya sa isa man

27. maliban sa sinumang kinalugdan Niya na isang sugo} (Qur'ān 72:26-27)

Ang Pagpapasaklolo sa Kanila

Ang paghiling sa kanila para humatak ng pakinabang at tumulak ng pinsala sapagkat ang paghiling sa iba pa kay Allāh ng anumang walang nakakakaya kundi si Allāh ay shirk yayamang ang pagdalangin ay isang pagsamba.

Ang Pagsasagawa ng Ṭawāf sa mga Libingan Nila at ang Pagpapatirapa sa Kanila

Ang pagpapatirapa ay isang pagsamba na hindi pinapayagan kundi kay Allāh at ang pagsasagawa ng ṭawāf ay natatangi sa Pinarangalang Ka`bah.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makakikilala ako ng kaibahan sa pagitan ng gawain.

Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng nababagay sa bawat gawain mula sumusunod:

Ang Gawain Pagpapasidhi Pagkasuklam Sunnah

Ang pagsusulat ng (ص) sa halip na ((صلى الله عليه وسلم)) ay isang pagkasuklam.

Ang pangungutya sa mga dhikr ng pagpasok sa palikuran ay pagkasuklam.

Ang pagtulad sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkain, pag-inom, at pagdadamit ay sunnah.

Ang pagsabi na si Allāh ay lumikha ng nilikha alang-alang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang pagpapakalabis.

Ang pagdalangin ng basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga dhikr ng umaga at gabi ay sunnah.

Ang paniniwala ng isang tao na sina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn ay mga pinuno ng mga kabataan ng mga mamamayan ng Paraiso ay sunnah.

Ang paniniwala ng isang tao na si Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) ay nakaaalam sa nakalingid ay isang pagpapakalabis.

Ang pagsugat ng isang binata sa sarili niya sa paggunita ng pagkamartir ni Al-Ḥusayn (malugod si Allāh sa kanya) ay isang pagpapakalabis.

Aktibidad 2: Maghihinuha ako.

Sa pakikipagtulungan kasama ng tagapagturo mo at grupo mo, hanguin mo ang pagkakahayag ng magandang asal sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nasasaad sa sabi ni Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَقْدِمُوا بَيْنَ يَدَيِ اللَّهِ وَرَسُولِهِ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ 1 يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَرْفَعُوا أَصْوَاتَكُمْ فَوْقَ صَوْتِ النَّبِيِّ وَلَا تَجْهَرُوا لَهُ بِالْقَوْلِ كَجَهْرِ بَعْضِكُمْ لِبَعْضٍ أَن تَحْبَطَ أَعْمَالُكُمْ وَأَنتُمْ لَا تَشْعُرُونَ)

{1. O mga sumampalataya, huwag kayong manguna sa harap ni Allāh at ng Sugo Niya at mangilag kayong magkasala kay Allāh. Tunay na si Allāh ay Madinigin, Maalam.

2. O mga sumampalataya, huwag kayong magtaas ng mga tinig ninyo higit sa tinig ng Propeta at huwag kayong maglakas [ng tinig] sa kanya sa pagsasabi gaya ng pagpapalakas ng tinig ng ilan sa inyo sa iba pa dahil [baka] mawalang-

kabuluhan ang mga gawa ninyo samantalang kayo ay hindi nakararamdam.} (Qur'ān 49:1-2)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga pagkakahayag ng pagpapasidhi sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

(ang tindi ng pag-ibig sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - ang pagsumpa sa ngalan niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - ang pagdalangin ng basbas sa kanya sa umaga at gabi).

Kabilang sa mga pagkakahayag ng pagkasuklam sa karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

(ang kamangmangan sa talambuhay niya - ang pagtigil sa pagtawag sa kanya sa pangalan niya - ang pagsabi na siya ay isang tao).

Hindi pinapayagan ang pagpapasaklolo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil ito ay:

(natatangi sa mga walīy - isang kaugaliang pang-Sunnah - isang pagsamba kay Allāh).

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang mga sumusunod na parirala.

Sumaway sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapalabis sa pagbubunyi sa kanya sapagkat nagsabi siya:

.....

Ang pagsasagawa ng ṭawāf ay natatangi sa

Ang pagpapatirapa ay hindi pinapayagan kundi kay Allāh

Kabilang sa mga anyo ng pagpapalabis sa karapatan ng Sambahayan at

PANUTO 3 Magsulat ka ng isang patunay sa pagkakinakailangan ng paggalang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sandali ng pakikipag-usap sa kanya o tungkol sa kanya.

Aktibidad 4: Magbibigay-katwiran ka para sa sumusunod.

Ang Sambahayan ay hindi mga napangalagaan laban sa mga pagkakasala.

Ang pagpapasaklolo sa Sambahayan sa anumang walang nakakakaya kundi si Allāh ay shirk.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila) at ang mga Karapatan Nila

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagtakda ka ng tinutukoy ng Kasamahan;

makahango ka ng patunay sa mga kainaman ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila);

makapagbuod ka sa mga kainamang natatangi sa ilan sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila);

makapag-isa-isa ka sa mga karapatan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa mga Muslim;

makatulad ka sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) lalo na sa mga Matinong Khalīfah;

makapagdakila ka sa kabuluhan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila).

Pagpapaumpisa

Ang Kasamahan (Ṣaḥabīy) ay bawat tao na nakatagpo si Propeta Muḥammad (basbasan siya

ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay sumasampalataya rito at namatay sa Islām.

Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila)

Ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay may maraming kainaman, na kabilang sa mga ito:

Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan

Nagparangal sa kanila si Allāh sa pagkakasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagbalita Siya ng nakalulugod sa kanila hinggil sa pagpasok sa Paraiso.

Nagbunyi si Allāh sa mga kaasalan nila at mga gawain nila.

Ang mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh sumakanila) ay ang pinakamainam sa Kalipunang Islām.

Ipinaabot nila sa atin ang Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah.

Nag-adya sila sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nakibaka sila kasama sa kanya.

Nagparangal si Allāh sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa pagkakasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at

nagbalita Siya ng nakalulugod sa kanila hinggil sa pagpasok sa Paraiso.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَالسَّاقُونَ السَّاقُونَ مِنَ الْمُهْجِرِينَ وَالْأَنْصَارِ وَالَّذِينَ اتَّبَعُوهُمْ
بِإِحْسَنِ رِضَى اللَّهِ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ وَأَعَدَّ لَهُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي
تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ)

{Ang mga nangungunang kauna-unahan kabilang sa mga tagalikas at mga tagaadya at ang mga sumunod sa kanila ayon sa paggawa ng maganda ay nalugod si Allāh sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Naghanda Siya para sa kanila ng mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito magpakailanman. Iyon ang pagkatamong sukdulan.} (Qur'ān 9:100)

Nagbunyi si Allāh sa mga kaasalan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at mga gawain nila.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(مُحَمَّدٌ رَسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاءُ عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاءُ بَيْنَهُمْ
تَرَاهُمْ رُكَّعًا سُجَّدًا يَبْتَغُونَ فَضْلًا مِّنَ اللَّهِ وَرِضْوَانًا سِيمَاهُمْ فِي
وُجُوهِهِمْ مِّنْ أَثَرِ السُّجُودِ)

{Si Muḥammad ay ang Sugo ni Allāh. Ang mga kasama sa kanya ay mga matindi sa mga tagatangging sumasampalataya, mga maawain sa isa't isa sa kanila. Makikita mo sila na mga nakayukod, mga nakapatirapa, na naghahangad ng isang kabutihang-loob mula kay Allāh at ng isang kasiyahan [Niya]. Ang tatak nila ay nasa mga mukha nila, mula sa bakas ng pagpapatirapa.}

(Qur'ān 48:29)

Ang mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh sumakanila) ay ang pinakamainam sa Kalipunang Islām.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang pinakamabuti sa mga tao ay ang salinlahi ko, pagkatapos ang mga sumusunod sa kanila, pagkatapos ang mga sumusunod sa kanila ..."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2652 at Imām Muslim: 2533.)

Ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay ang nagpaabot sa atin ng Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah. Kaya naman ang Islām ay natutuhan lamang natin sa pamamagitan nila.

Nag-adya ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nakibaka sila kasama sa kanya. Nagbata sila ng perhuwisyo at mga kasawiangpalad para sa pangangalaga sa Relihiyon nila.

Ang mga Karapatan ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila) sa mga Muslim

Ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay may maraming karapatan sa mga Muslim. Ang nasa sumusunod ay ang pinakamahalaga sa mga ito:

Ang mga Karapatan ng mga Kasamahan

Ang Pagkakinakailangan ng Pag-ibig sa Kanila, Paggalang sa Kanila, at Pagpaparangal sa Kanila

Ang Pagdalangin, ang Paghingi ng Tawad Para sa Kanila, at ang Pagdalangin ng Pagkalugod sa Kanila

Ang Pagkabawal ng Pag-alipusta sa Kanila o Panlalait sa Kanila o Pagmamaliit sa Kanila

Ang Pagpapatibay sa mga Pangkalahatan at Pansariling Kainaman Nilà

Ang Pagtatanggol sa Kanila at ang Pagtugon sa Sinumang Nagmamaliit sa Karapatan Nilà

Ang Pagkakinakailangan ng Pag-ibig sa Kanila, Paggalang sa Kanila, at Pagpaparangal sa Kanila

Ito ay dahil sa taglay nila na karangalan ng pagkauna sa Islām, pakikibaka sa landas ni Allāh, at pagpapalaganap nila ng Islām sa Daigdig.

Ang Pagdalangin, ang Paghingi ng Tawad Para sa Kanila, at ang Pagdalangin ng Pagkalugod sa Kanila

Ito ay sapagkat tunay na si Allāh ay nagbunyi sa mga lumikas at mga tagaadya. Nagsabi si Allāh:

(وَالَّذِينَ جَاءُوا مِنْ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ) (الحشر:10).

{Ang mga dumating matapos na nila ay nagsasabi: "Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya} (Qur'ān 59:10)

Ang Pagbabawal sa Pag-alipusta sa Kanila o Panlalait sa Kanila o Pagmamaliit sa Kanila

Dahil ito ay kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala batay sa ḥadīth na: **"Huwag kayong mang-alipusta sa mga Kasamahan ko ..."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3673 at Imām Muslim: 2540.)

Ang Pagpapatibay sa mga Kainaman Nilang Nasasaad sa Qur'ān at Sunnah

Maging ito man ay ang pangkalahatan at ang pansarili. Ang pagmamalasakit sa pag-aalam sa mga ulat sa kanila at mga kalagayan nila, ang pag-aaral sa mga talambuhay nila at ang pagpapalaganap ng mga ito sa gitna ng mga Muslim, at ang pagtulad sa mga gawa nilang maayos.

Ang Pagtatanggol sa Kanila at ang Pagtugon sa Sinumang Nagmamaliit sa Karapatan Nila

Iyon ay dahil sa ang paninirang-puri sa kanila ay paninirang-puri sa Relihiyong Islām. Nagpaabot sila sa atin ng Relihiyon mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at mag-uugnay ako.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(لِلْفُقَرَاءِ الْمُهَاجِرِينَ الَّذِينَ أُخْرِجُوا مِنْ دِيَارِهِمْ وَأَمْوَالِهِمْ يَبْتَغُونَ
 فَضْلًا مِنَ اللَّهِ وَرِضْوَانًا وَيَنْصُرُونَ اللَّهَ وَرَسُولَهُ أُولَئِكَ هُمُ
 الصَّادِقُونَ 8 وَالَّذِينَ تَبَوَّءُوا الدَّارَ وَالْإِيمَانَ مِنْ قَبْلِهِمْ يُحِبُّونَ مَنْ
 هَاجَرَ إِلَيْهِمْ وَلَا يَجِدُونَ فِي صُدُورِهِمْ حَاجَةً مِمَّا أُوتُوا
 وَيُؤْثِرُونَ عَلَىٰ أَنْفُسِهِمْ وَلَوْ كَانَ بِهِمْ خَصَاصَةٌ وَمَنْ يُوقِ شَحًّا
 نَفْسِهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ 9 وَالَّذِينَ جَاءُوا مِنْ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ
 رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ)

{8. [May ginugugol] para sa mga maralitang tagalikas, na mga pinalisan mula sa mga tahanan nila at mga yaman nila, habang naghahangad ng isang kabutihang-loob mula kay Allāh at isang pagkalugod, at nag-aadya kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang mga iyon ay ang mga tapat.

9. Ang mga namalagi sa tahanan [sa Madīnah] at pananampalataya bago pa ng mga iyon ay umiibig sa sinumang lumikas kanila, hindi nakatatagpo sa mga dibdib nila ng isang

pangangailangan sa anumang ibinigay sa mga iyon, at nagtatangi [sa mga iyon] higit sa mga sarili nila, kahit pa man sa kanila ay may kadahupan. Ang sinumang ipinagsasanggalang sa kasakiman ng sarili niya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.

10. Ang mga dumating matapos na nila ay nagsasabi: "Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya at huwag Kang maglagay sa mga puso namin ng isang pagkamuhi sa mga sumampalataya. ...} (Qur'ān 59:8-10)

Ayon sa liwanag ng mga naunang āyah, magdugtong ka ng bawat parirala mula sa grupo A sa nababagay mula sa grupo B:

Ang Parirala A

B. Ang Nababagay Mula sa Nasaad sa mga Āyah

Ang mga Katangian ng mga Lumikas at ang mga Gawain Nila

Iniibig nila ang mga Lumikas - Nagtatangi sila sa mga iba higit sa mga sarili nila.

Ang mga Katangian ng mga Tagaadya at ang mga Gawain Nila. {"Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya at huwag Kang maglagay sa mga puso namin ng isang pagkamuhi sa mga sumampalataya.}

Ang Panalangin ng mga Muslim Para sa mga Lumikas at mga Tagaadya. Naghahangad sila ng pagkalugod ni Allāh at kabutihang-loob Niya - Nag-aadya sila kay Allāh at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at hahango ako.

Sa pakikipagtulungan kasama ng kaklase mo, hanguin mo ang kainaman ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) na mahihinuha mula sa mga sumusunod na patunay:

Ang Patunay / Ang Kainaman ng mga Kasamahan

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang pinakamaalam sa Kalipunan ko hinggil sa ipinahihintulot at bawal ay si Mu`ādh bin Jabal."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 12904). Ang Kalamangan ng Kaalaman ni Mu`ādh Bin Jabal (Malugod si Allāh sa Kanila)

Nagsabi ang Propeta (s): {"**Harinawa si Allāh ay tumingin sa mga nakadalo sa Badr.**" Kaya nagsabi siya: "**Gawin ninyo ang niloob ninyo sapagkat itinakda nga para sa inyo ang Paraiso o sapagkat nagpatawad nga ako sa inyo.**"}

(Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3983 at Imām Muslim: 2494.)

Ang Kapatawaran sa mga Nakilahok sa Labanan sa Badr (Malugod si Allāh sa Kanila)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang mga Kasamahan ay ang mga lalaking nakipanahon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). (X)

Nagbunyi kay Allāh sa mga Lumikas dahil sa pagpapakawagas at pag-aadya sa Relihiyon. (✓)

Kinakailangan sa Muslim ang maniwala sa pagkakapangalaga (iṣmah) sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) laban sa pagkakasala. (X)

5. Inilarawan ni Allāh ang mga Tagaadya sa pagtataglay ng altruismo (pagpapahalaga sa iba) at tagumpay. (✓)

PANUTO 2: Piliin mo ang ipinahihiwatig ng bawat isa mula sa sumusunod:

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ)

"Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya" ay nagpapahiwatig ng:

(dami ng mga pagsamba ng mga Kasamahan - pagtuturing na kaibig-ibig ang pagdalangin para sa mga Kasamahan - pagbabawal sa paglait sa mga Kasamahan).

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Ang pinakambuti sa mga tao ay ang salinlahi ko, pagkatapos ang mga sumusunod sa kanila ..."** ay nagpapahiwatig ng:

(ng dami ng bilang ng mga Kasamahan - pagbabalita sa mga Kasamahan ng nakalulugod na pagpasok sa Paraiso - pagkatangi sa mga Kasamahan sa Kalipunang Islām).

PANUTO 3: Magbigay-linaw ka sa tatlo sa mga karapatan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila).

Ang Ikalimang Aralin: Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

makapaglalahad ka ng talambuhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng ilan sa mga salita ng marangal na ḥadīth;

makapagbigay-linaw ka sa pangkalahatang kahulugan ng ḥadīth;

makapagsadamdamin ka sa halaga ng pagpapakawagas sa sandali ng bawat gawain;

makapagbigay-babala ka sa iba sa iyo laban sa pagkapanganib ng tiwaling layunin sa Relihiyon ng Muslim.

Pagpapaumpisa

Humiling ang imām ng masjid ng mga abuloy para sa pagpapatayo ng isang paaralan ng pagpapasaulo ng Qur'ān. Nag-abuloy naman ang dalawa sa mga kapitbahay mo ng malaking halaga sa harapan ng mga tao. Ang layunin ng una ay na

mailarawan siya ng mga kapitbahay sa pagiging mapagbigay.

Ano ang opinyon mo sa senaryong ito. Ano ang kaibahan sa pagitan ng dalawang lalaki gayong silang dalawa ay nagkakawangisan sa gawa?

Ang Teksto ng Marangal na Ḥadīth

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Tanging ukol sa bawat tao ang nilayon niya. Kaya ang sinumang ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya, ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang sinumang ang paglikas niya ay para sa isang kamunduhan na tatamuhin niya o sa isang babaing pakakasalan niya, ang paglikas niya ay tungo sa inilikas niya."**} (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1 at Imām Muslim: 1907.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

Ang mga gawain Ang Isinasagawa ng Muslim na mga Sinasabi at mga Ginagawa

Ang Layunin Ang Pakay at ang Tagatulak sa Pagsasagawa ng Gawain

{Ang paglikas niya} Ang Paglikas na Tinutukoy: Ang paglipat mula sa Makkah papuntang Madīnah.

{para sa isang kamunduhan na tatamuhin niya} para sa isang pakinabang o katuturang pangmundo.

{ang paglikas niya ay tungo sa inilikas niya.} Ang resulta nito at ang gantimpala nito ay dumedepende sa layon na nagtulak sa kanya para sa paglikas.

Ang Pagpapakilala sa Tagapagsalaysay ng Hadīth:

Abū Ḥafṣ Al-Fārūq `Umar bin Al-Khaṭṭāb Al-`Adawīy Āl-Qurashīy.

Umanib siya sa Islām sa ikaanim na tao ng pagkapropeta. Ang pag-anib niya sa Islām ay isang kadahilanan ng pagkakaadya sa mga Muslim na sinisiil sa Makkah dahil sa lakas niya, katapangan niya, at katayuan niya sa gitna ng mga mamamayan nito.

Siya ay ang ikalawa sa mga Matinong Khalīfah at ang isa sampung binalitaan ng nakagagalak na pagpasok sa Paraiso.

Sinaksak siya (malugod si Allāh sa kanya) habang siya ay nagdarasal at namartir siya (malugod si Allāh sa kanya) matapos niyon sa

huling bahagi ng buwan ng Dhulḥijjah noong ika-23 taon ng Hijrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagbibigay-diin ang marangal na ḥadīth sa pagkakaugnay ng layunin sa mga gawain at na si Allāh ay hindi tumatanggap ng gawain malibang naging wagas na ukol sa Kanya. Kaya ang sinumang ang layunin niya sa paglikas o sa iba pa rito na mga gawaing maayos ay ang kaluguran ni Allāh, ang gawa niya ay tatanggapin at magkakaroon siya ng pabuya rito sa ganang kay Allāh.

Kapag naman ang pakay niya sa paglikas, o sa iba pa rito na mga gawang maayos, ay na mag-asawa ng isang babae o kumita ng salapi o iba pa roon kabilang sa natatamasa sa Mundo, ang paglikas niya ay tungo sa inilikas niya. Hindi siya gantimpalaan sa paglikas niya o gawang maayos niya sa Kabilang-buhay.

Gayon din ang bawat sinumang nagsagawa ng isang pagsamba samantalang hindi naman niya pinakay rito ang kaluguran ng mukha ni Allāh, tunay na siya ay magsasalang ng sarili niya sa galit ni Allāh at pagdurusang dulot Niya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagpapakawagas ng layunin para kay Allāh ay isang kundisyon sa pagtanggap ng mga maayos na gawain.

Ang pagkakinakailangan ng pagpapadalo ng maayos na layunin sa sandali ng paggawa.

Nagiging karapat-dapat ang Muslim sa gantimpala sa gawa ayon sa sukat ng pagpapakawagas ng layunin niya para kay Allāh.

Ang maayos na layunin ay nagpapalaki ng pabuya sa maayos na gawa kahit pa man iyo ay kaunti.

Ang tapat na Muslim ay nagpapakawagas ng layunin para kay Allāh sa lahat ng mga gawain niya.

Ang tapat na Muslim ay nagpapakawagas ng layunin para kay Allāh sa lahat ng mga gawain niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magmumungkahi ako.

Nalaman mo na ang layunin ay isang kundisyon para sa pagtanggap ng mga gawain at pagdagdag sa gantimpala ng mga ito. Imungkahi mo ang maayos na layunin na maaaring isama sa mga sumusunod na gawain:

Ang Gawain Ang Layunin

Ang pagtatrabaho nang may layunin ng paggugol sa maybahay at mga anak.

Ang pakikilahok sa Instituto ng Pagpapasaulo ng Marangal na Qur'ān.

Ang pagsusulat ng isang artikulo tungkol sa buhay ng mga Marangal na Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila).

Ang pagpapahalaga ng tao sa nutrisyon niya, at kalusugan ng katawan niya.

Aktibidad 2: Mag-aanalisa ako at magpapakalawak ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{May naparaang isang lalaki sa isang sanga ng isang punong-kahoy sa ibabaw ng isang daan kaya nagsabi siya: "Sumpa man kay Allāh, talagang mag-aalis nga ako nito palayo sa mga Muslim nang hindi ito mamemerhuwisyo sa kanila." Kaya papapasukin siya sa Paraiso.}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim:1914.)

Ayon sa liwanag ng marangal na ḥadīth na ito:

Ano ang gawain na isinagawa ng lalaki?

Ano ang nagtulak sa likod ng gawaing ito?

Ano ang resulta ng pagkakasama ng maayos na gawaing ito sa katumpakan ng layunin kay Allāh?

Aktibidad 3: Magbabasa ako at hahango ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **{Ang Mundo ay para sa apat na tao lamang:**

1. Isang tao na tumustos sa kanya si Allāh ng yaman at kaalaman ngunit siya ay nangingilag magkasala dahil doon sa Panginoon niya, nakikiugnay sa kaanak niya, at nakaaalam ng karapatan para kay Allāh dahil doon, kaya ito ay nasa pinakamainam sa mga antas.

2. Isang tao na tumustos sa kanya si Allāh ng kaalaman at hindi tumustos sa kanya ng yaman ngunit siya ay tapat ang layunin, na nagsasabi: "Kung sakaling mayroon akong yaman, talagang gumawa sana ako ng gawain ni Polano," kaya siya ay nasa layunin ng una saka ang pabuya sa kanilang dalawa ay magkapantay.

3. Isang tao na tumustos sa kanya si Allāh ng yaman at hindi tumustos sa kanya ng kaalaman ngunit siya ay nagwawaldas ng yaman niya nang walang kaalaman, na hindi nangingilag magkasala dahil doon sa Panginoon niya, hindi nakikiugnay sa kaanak niya, at hindi nakaaalam ng karapatan para kay Allāh dahil doon, kaya ito ay nasa pinakakarimarimarim sa mga antas.

4. Isang tao na hindi tumustos sa kanya si Allāh ng yaman ni ng kaalaman ngunit siya ay nagsasabi: "Kung sakaling mayroon akong yaman, talagang gumawa sana ako dahil doon ng gawain ni

Polano," kaya siya ay nasa layunin ng ikatlo saka ang pabigat sa kanilang dalawa ay magkapantay."} (Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 18031 at Imām At-Tirmidhī: 2325).

Hanguin mo mula sa marangal na ḥadīth ang nagpapahiwatig sa sumusunod:

Ang sinumang naglayon ng paggawa ng kabutihan ayon sa isang tandisang layuning ngunit hindi niya nakaya, magtatala para sa kanya ng isang pabuya.

Ang sinumang naglayon ng paggawa ng pagsuway ayon sa isang tandisang layuning ngunit hindi niya nakaya, magtatala para sa kanya ng isang pabigat.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Tinagurian si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) bilang

(Aṣ-Ṣiddīq - Al-Fārūq - Al-`Ādil).

Ang layunin ay ang pakay sa likod ng gawa at nauugnay sa

(mga tungkulin - mga itinuturing na kaibig-ibig - lahat ng mga gawain).

Kapag gumawa ang Muslim ng isang gawa na hindi siya naghahangad sa pamamagitan nito ng ikalulugod ng mukha ni Allāh, tuna na siya ay:

(nagkakasala at hindi tatanggapin ang gawa niya - gagantimpalaan dahil sa mga epekto niyang kaaya-aya - hindi tatanggapin at hindi nagkakasala dahil dito).

PANUTO 2: Kumpletuhin mo ang sumusunod na ḥadīth:

"Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Tanging ukol sa bawat tao..... Kaya ang sinumang ang paglikas niya ay tungo, ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang sinumang ang paglikas niya o sa isang babaing pakakasalan niya, ang paglikas niya"

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang komentaryo sa bawat isa sa mga sumusunod na parirala:

Ang kaayusan ng pakay lamang ay hindi nakasasapat para sa pagtanggap ng mga gawain.

Ang tagapagtaglay ng tiwaling layunin ay nalililang sa Mundo, na malulugi sa Araw ng Pagbangon.

Ang maayos na layunin ay nagpapalaki ng pagbuaya sa maayos na gawa.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagkakinakailangan ng Pagsunod sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong
estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsalaysay ka ng buhay ng
tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng ilan sa
mga salita ng ḥadīth;

makapagpaliwanag ka ng pagkapanganib ng
paggawa ng bid`ah sa Relihiyon;

makapaghalimbawa ka ng mga uri ng mga
bid`ah;

makapagsikap ka para magpalaganap ng
Pampropetang Sunnah sa lipunan;

makapagsadamdamin ka ng epekto ng
paggawa ng bid`ah sa paglipana ng mga pamahiin
sa lipunan.

Pagpapaumpisa

Dumaan sa atin sa nakalipas na aralin ang pag-
aaral sa unang kundisyon para sa pagtanggap ng
gawa (ang pagpapakawagas ng layunin para kay

Allāh). Sa araling ito ay may isang paglilinaw para sa ikalawang kundisyon para sa pagtanggap ng mga gawain: na ito ay maging sumasang-ayon sa pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Teksto ng Marangal na Ḥadīth

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 2697 at Imām Muslim: 1718.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

nagpauso umimbento ng isang bago.

nauukol sa amin nauukol sa Relihiyon, na tumutukoy sa mga pagsamba, mga paniniwala, at mga batas.

tatanggihan ibabalik sa kanya at hindi tatanggapin mula sa kanya at hindi siya gagantimpalaan doon.

Maiksing Talambuhay ng Tagapagsalaysay ng Ḥadīth

Ang ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah bint Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq ay maybahay ng

Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at tinaguriang Aş-Şiddīqah.

Ipinanganak siya siyam na taon bago ng paglikas. Umanib siya sa Islām noong siya ay bata pa. Pinapanaw siya noong ika-58 taon ng Hijrah.

Siya ang kaisa-isahang babae na napangasawa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang birhen. Siya ay kabilang pinakainiibig sa mga maybahay ng Sugo.

Napatanyag siya sa kagalantehan at pagkamapagbigay. Siya ay kabilang sa pinakamarunong sa mga tao at pinakamahusay sa kanila sa pananaw. Ang mga pinakamalaki sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay nagtatanong sa kanya tungkol sa mga patakaran ng Relihiyon.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagbibigay-babala ang Marangal na Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paglalakas-loob sa pagsalungat sa makatotoong Batas. Nagpapatid siya sa atin na ang sinumang nagpakamananamba kay Allāh sa pamamagitan ng isang bagong bagay na hindi isinabatas ng Sugo, tunay na ang gawain niya ay ibabalik sa kanya at hindi tatanggapin mula sa kanya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang Pagkabawal ng Pagpapauso o Pag-imbento sa Relihiyon

Ang Hindi Pagtanggap ng mga Gawain na Walang Batayan sa Batas

Ang Pagbibigay-babala Laban sa mga Bid`ah at ang Pagkapanganib ng mga Ito

Ang Pagpapaibig sa Pangangalaga sa Sunnah at Pampropetang Pagpatnubay

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magpapalalim ako ng pagkakaalam ko.

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi sa mga khuṭbah niya: **"Tunay na ang pinakamabuting pananalita ay ang Aklat ni Allāh. Ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muḥammad. Ang pinakamasama sa mga bagay-bagay ay ang mga pinauso sa mga ito. Ang bawat bid`ah ay kaligawan."** (Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'iy: 1578.)

Matapos ng pagbulay-bulayan sa ḥadīth,

Ipaliwanag mo kung papaanong nagpaiba ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagitan ng daan ng katotohanan at daan ng kaligawan.

Bakit inilarawan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang bid`ah na ito ay kaligawan?

Aktibidad 2: Makikipagtulungan ako at magmumungkahi ako.

Ang bid`ah ay may mga masagwang epekto sa lipunan sapagkat ito ay isang kadahilanan ng paglaganap ng mga pamahiin at kamangmangan. Walang isang bid`ah na lumitaw sa lipunan kung hindi dahil sa pagwaksi ng mga tao sa isang sunnah buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi ang isa sa mga maalam: **"Walang nagpauso na kalipunan sa relihiyon nito ng isang bid`ah malibang nag-aalis si Allāh (napakataas Siya) sa kanila dahil dito ng isang sunnah."**

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagmamasid ng ilan sa mga bid`ah na lagapan sa lipunan. Linawin mo ang mga negatibong epekto ng mga ito. Magmumungkahi ka ng ilan sa mga paraan ng paglulunas sa mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Nagpakaabala si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) sa pagsamba sa halip ng pagpapalaganap ng kaalaman.

Nag-aanyaya ang Islām tungo sa makaagham na pagsulong at pag-unlad ng modernong teknolohiya.

Nauuwi ang mga bid`ah sa paglipana ng kamangmangan at mga pamahiin sa lipunan.

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "kaugnay sa nauukol sa aming ito" ay nangangahulugang: kaugnay sa mga nauukol sa Relihiyon.

Nagtatamo ang tagagawa ng bid`ah ng gantimpala sa maayos na layunin niya sa pagpapakalapit-loob kay Allāh.

PANUTO 2: Isulat mo ang ḥadīth ng aralin mula sa pagkakasaulo mo.

PANUTO 3: Ang pakikipagharap sa mga bid`ah at mga kampon ng mga ito ay sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng tumpak na sunnah. Magpahayag ka ng kahalagahan niyon kalakip ng pagmumungkahi ng mga kaparaanan sa pagpapalaganap ng Pampropetang Sunnah sa lipunan mo.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth ng aralin;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng ilan sa mga mahirap na pananalita ng ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagpaliwanag ka ng mahihinuha mula sa ḥadīth;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa pagtatakda.

Aktibidad na Pang-umpisa

Mayroon kang isang kaklaseng nahaharap sa maraming suliranin sa buhay niya at sa kabila nito ay nakakikita ka sa kanya na nakagagawa ng mga pagsuway at nagkukulang sa paggawa ng mga pagtalima. Sa pamamagitan ng ḥadīth ng aralin, magharap ka sa kaklase mo ng isang payo.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako minsan ay nasa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw saka nagsabi siya: "O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi magpapakinabang sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh para sa iyo; at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi pipinsala sa iyo maliban ng isang bagay na isinulat na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."}

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad (2669) at Imām At-Tirmidhī (2516).

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya Ingatan mo si Allāh sa pamamagitan ng paggawa ng nagpapalugod sa Kanya, iingatan ka Niya sa Mundo at Kabilang-buhay.

matatagpuan mo Siya sa dako mo tutulungan ka Niya sa kabutihan at ibabaling Niya palayo sa iyo ang kasamaan.

Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas Naitala ang mga naitakda kaya hindi mag-iiba ang mga ito.

Maiksing Talambuhay ng Tagapagsalaysay ng Ḥadīth

Si `Abdullāh bin Al-`Abbās bin `Abdulmuṭṭalib, na anak ng tiyuhin sa ama ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ipinanganak siya tatlong taon bago ng paglikas [sa Madīnah]. Pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong ang edad niya 13 taon. Dumalangin nga para sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi ito: **"O Allāh, magpaunawa Ka sa kanya sa Relihiyon at magturo ka sa kanya ng pagbibigay-pakahulugan."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 2397).

Nagsikap siya sa paghahanap ng kaalaman hanggang sa siya ay maging isang malaking maalam. Siya noon ay tinatawag na "ang dagat" dahil sa lawak ng kaalaman niya at tinatawag na "ang tagapagpakahulugan ng Qur'ān" dahil sa kaalaman niya sa pagpapakahulugan. Siya ay ang pinakamarami sa mga Kasamahan sa pagpapakahulugan sa Marangal na Qur'ān.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong ika-68 taon ng Hijrah sa Ṭā'if sa edad na 70 taon.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Ingatan mo si Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng paggawa sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, iingatan ka Niya sa Mundo laban sa mga kasamaan at sa Kabilang-buhay laban sa pagdurusa.

Kapag humingi ka, huwag kang humingi kundi kay Allāh sapagkat Siya ay ang Tagapagbigay. Kahit pa man humingi ka sa isang nilikha ng anumang nakakakaya ito niyon, alamin mo na ito ay isang kadahilanan at si Allāh ay ang tagapagbigay-kadahilanan.

Kapag nagpatulong ka sa isang nilikha sa anumang nakakakaya ito niyon, alamin mo na ito ay isang kadahilanan at ang tulong ay mula kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

Ang lahat ng nilikha, kung sakaling nagkaisa sila sa pagpapakinabang sa iyo, ay hindi magpapakinabang sa iyo maliban ng anumang naitala na ni Allāh (napakataas Siya) pabor sa iyo at hindi pipinsala sa iyo maliban ng anumang naitala na ni Allāh (napakataas Siya) laban sa iyo sapagkat ang bawat bagay ay naitala at itinakda.

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Nabigyan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga masaklaw sa pananalita sapagkat ang mga salita niya ay kaunti subalit sa mga ito ay may mga dakilang kahulugan.

Ang kahalagahan ng pagtuturo ng `aqīdah sa mga bata dahil sa dakilang epekto nito sa pagbuo ng personalidad ng Muslim.

Ang pagkakailangan ng pagtuon ng panalangin kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

Ang pagkakinakailangan ng pananalig kay Allāh kasabay ng paggamit ng mga kadahilanan.

Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa tadhana at pagtatakda at ang pagwaksi sa pagsuko at ang pagtatamad-tamaran sa pagkamit ng kabutihan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at mag-uugnay ako.

Mag-uugnay ka sa pagitan ng ḥadīth ng aralin at ng sabi ni Allāh:

(وَأَنَّ الْمَسْجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا)

{Na ang mga masjid ay ukol kay Allāh, kaya huwag kayong manalangin kasama kay Allāh sa isa man.} (Qur'ān 72:18)

Nagsasalo ang marangal na ḥadīth at ang marangal na āyah sa pagsaway laban sa pagdalangin sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya).

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at magbibigay-katwiran ako.

Natutungod ba sa mga ito ang nasaad sa marangal na ḥadīth? At bakit?

May isang binatang nagpapahuli ng pagsasagawa ng ṣalāh nang walang maidadahilan.

May isang taong pumupuna sa mga libingan ng mga mabuting tao at humihiling ng pagtugon sa mga pangangailangan niya.

May isang taong nagagalit kapag may bumaba sa kanya na isang pagsubok.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

May isang taong nagpapatulong sa isang manggagaway sa paglutas ng mga suliranin niya.
))

Kinakailangang ang pagpapalaki sa mga anak ayon sa mga prinsipyo ng `aqīdah.

Ang paggamit ng mga kadahilanan ay nakikipagsalungatan sa pananalig.))

Ang pagpapagamot ay hindi sumasalungat sa pananampalataya sa tadhana at pagtatakda.

Ang pagdalangin sa mga patay at ang paghiling ng mga pangangailangan mula sa kanila ay kabilang sa shirk.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': **"Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."** ay isang pahiwatig tungkol sa:

(pagtatala ng mga naitakda - pagbubukod-tangi kay Allāh sa paghingi - pagwaksi sa pagpapatulong sa mga nilikha).

Si `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ay tinatagurian noon na:

(faqīh ng Kalipunang Islām - tagapagsaulo ng ḥadīth - tagapagpakahulugan ng Qur'ān).

Mahihinuha mula sa ḥadīth ng aralin:

(ang pagkakinakailangan ng pag-iingat sa Qur'ān - ang pagkabigay sa Propeta (basbasan siya

ni Allāh at pangalagaan) ng mga masaklaw sa pananalita) - ang pangamba sa pagtitipon ng mga tao).

PANUTO 3: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod na ḥadīth:

{... Ingatan mo si Allāh, Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, Kapag nagpatulong ka, }

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Ano ang ibig sabihin ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth: "Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya." at ng sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth: "matatagpuan mo Siya sa dako mo."

Mahihinuha mula sa ḥadīth na ang pagpapakinabang at ang pagpinsala ay nasa kamay ni Allāh (napakataas Siya). Magpaliwanag ka niyon.

Ang Ikawalong Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

makapagsalaysay ka ng buhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagpaliwanag ka ng kahulugan ng pagpapakatuwid;

makahango ka ng mga kaparaanan para sa pagsasakatotohanan ng pagpapakatuwid;

makapanatili sa pagpapakatuwid nang sa gayon maabot mo ang kaluguran ni Allāh sa Kabilang-buhay.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Sufyān bin `Abdillāh Ath-Thaqafīy (malugod si Allāh sa kanya), na nagsabi: Ayon kay Sufyān bin `Abdillāh Ath-Thaqafīy (malugod si Allāh sa kanya), na nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo, ni Allāh, magsabi ka sa akin kaugnay sa Islām ng isang masasabing hindi ako makapagtatanong tungkol doon sa isa man matapos mo." Nagsabi siya: **"Magsabi ka: Sumampalataya ako kay Allāh, pagkatapos magpakatuwid ka."**} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 38.)

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita

Ang Pananalita Ang Kahulugan ng mga Ito

isang masasabing hindi ako makatatanong tungkol doon sa isa man matapos mo isang

masasabing maliwanag na sapat, na makasasapat na para magtanong pa sa iba pa sa iyo

Magsabi ka: Sumampalataya ako kay Allāh Magpahayag ka ng pananampalataya mo kay Allāh, na bumabanggit sa pamamagitan ng dila mo, na gumugunita sa mga kahulugan ng pananampalataya sa pamamagitan ng puso mo.

magpakatuwid ka Mamalagi ka sa paggawa ng mga pagtalima at pag-iwas sa mga pagsuway.

Ang Pagpapakilala sa Tagapagsalaysay ng Ḥadīth:

Abū `Amrah Sufyān bin `Abdillāh Ath-Thaqafiy.

Siya ay kabilang sa delegasyon ng Ṭā'if na nagsadya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Nagsalaysay siya ng ḥadīth buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at buhat sa ilan sa mga Kasamahang tulad nina `Umar bin Al-Khaṭṭāb, Abū Ayyūb Al-Anṣārīy, at iba pa sa kanilang dalawa kabilang sa mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh ay sumakanila sa kalahatan).

Nanungkulan siya bilang gobernador ng Ṭā'if sa pagkakhalīfah ni `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya).

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Ang ḥadīth na ito ay kabilang sa masasaklaw sa mga pananalita ng Propeta at naglalaman ng mga gawain ng Pananampalataya at Islām. Nang nagtanong ang Kasamahan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa bagay na nagsasama sa mga batas ng Islām, nag-utos sa kanya ang Propeta na magpahayag siya ng pag-anib sa Islām sa pamamagitan ng bibig niya, na magpanibago siya ng Pananampalataya sa pamamagitan ng puso niya, at na magsikap siya sa pagpapakatuwid sa pananampalataya sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga pagsuway at ng paggawa ng mga pagtalima.

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagkakinakailangan ng pagpapakatuwid sa pamamagitan ng pananatili sa mga pagtalima at paglayo sa mga pagsuway.

Ang kainaman ng pagpapakatuwid ang katayuan nito sa Relihiyong Islām.

Ang pagsisigasig sa pagtamo ng kaalamang napakikinabangan at ang paghiling nito.

Ang pagmamarangal ng Muslim sa pananampalataya niya kay Allāh at ang paglalantad niya ng Relihiyon niya at pagkaanib niya sa Islām.

Ang pagpupunyagi sa pagtamo ng pagpapakatuwid sa pamamagitan ng pagtitika, katapatan, at pagpapatulong kay Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako at maghuhulo ako.

Nagsasabi si Allāh:

(إِنَّ الَّذِينَ قَالُوا رَبُّنَا اللَّهُ ثُمَّ اسْتَقَمُوا تَتَنَزَّلُ عَلَيْهِمُ الْمَلَائِكَةُ أَلَّا تَخَافُوا وَلَا تَحْزَنُوا وَأَبْشِرُوا بِالْجَنَّةِ الَّتِي كُنْتُمْ تُوعَدُونَ

(

{Tunay na ang mga nagsabi: "Si Allāh ay ang Panginoon namin," pagkatapos nagpakatuwid, magbababaan sa kanila ang mga anghel na [magsasabi]: "Huwag kayong mangamba, huwag kayong malungkot, at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo dati ay ipinangangako."} (Qur'ān 41:30)
Ano ang ganti sa pagpapakatuwid gaya ng nasaad sa marangal na āyah?

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at hahango ako.

Hanguin mo ang mga kaparaanan ng pagsasakatotohanan sa pagpapakatuwid na nasasaad sa mga sumusunod na ḥadīth:

Ang mga Ḥadīth Ang mga Kaparaanan sa Pagsasakatotohanan sa Pagpapakatuwid

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Mangilag ka sa mga bawal, magiging pinakapalasamba ka sa mga tao."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2305.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang nagpapaabot tungkol sa Panginoon ng Kapangyarihan: **"Hindi nagpapakalapit-loob sa akin ang lingkod ko sa pamamagitan ng anumang higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa isinatungkulin ko sa kanya ..."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6502.) Ang Paggana sa Isinatungkulin ni Allāh

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang lalaki ay napasusunod sa relihiyon ng matalik na kaibigan niya kaya tumingin ang [bawat] isa sa inyo sa sinumang kinakaibigan niya nang matalik."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2378.) Ang Maayos na Pagkakasama

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat anak ni Adan ay nagkakamali at ang pinakamainam sa mga mapagkamali ay ang mga palabalik-loob."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2499.) Ang Pagpapamalagi sa Pagbabalik-loob at Paghingi ng Tawad

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang kaalaman sa mga kautusan ng Sharī`ah ay kabilang sa mga pundasyon ng pagpapakatuwid. (✓)

Ang mga anghel ay nagbabalita ng nakalulugod sa mga alagad ng pagpapakatuwid hinggil sa pagpasok sa Paraiso. (✓)

Walang kaugnayan sa pagitan ng pagkakasama at pagpapakatuwid. (X)

PANUTO 2: Isulat mo ang ḥadīth ng aralin mula sa pagkakasaulo mo.

PANUTO 3: Mula sa pagkakaintindi mo sa ḥadīth, tugunin mo ang sumusunod:

Ipaliwanag mo ang kahulugan ng pagpapakatuwid.

Papaano mong ipakakahulugan: Nauna ang pag-uutos sa Pananampalataya sa pag-uutos sa pagpapakatuwid?

Magsulat ka ng dalawang katuturan mula sa mga katuturang mahihinuha mula sa ḥadīth.

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pagwaksi sa Pangngialam

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-linaw ka sa kahulugan ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapag-isa-isa ka ng mga katuturan ng pagwaksi ng Muslim ng hindi pumapatungkol sa kanya;

makapagsigasig ka sa nakapagdudulot ng katuturan sa iyo;

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

Pagpapaumpisa

Ano ang opinyon mo sa sumusunod na pangyayari: Nagtanong si Sa`īd sa kaibigan niyang si Aḥmad tungkol sa mga tanging nauukol sa

pamilya nito. Kaya naman nagalit si Aḥmad at nagsabi ito sa kanya: "Makialam ka sa mga nauukol sa iyo at huwag kang manghimasok sa hindi pumapatungkol sa iyo!"

Ano ang opinyon mo sa nangyari sa magkaibigan? Magbigay ka ng pagtatasa (assessment) sa sagot mo matapos magbasa ng aralin.

Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagwaksi niya ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya."** Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2317 at Imām Ibnu Mājah 3967.

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Ang pangalan niya ay `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy (malugod si Allāh sa kanya). Tinagurian siya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na Abū Hurayrah (Ama ng Kuting) dahil siya noon ay nagdadala ng isang pusa.

Umanib siya sa Islām noong taong 7 Hijrah. Nanatili siya sa pagkakasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hanggang

sa pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Dumalangin para sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kalakasan ng memorya at maging kaibig-ibig siya sa mga mananampalatayang lingkod Niya. Siya noon ay kabilang sa pinakamapagsaulo sa mga Kasamahan sa ḥadīth at pinakamarami sa kanila sa pagsalaysay nito sapagkat nagsalaysay siya buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng higit sa 5,000 ḥadīth.

Siya ay kabilang sa mga maalam ng mga Kasamahan at pinakamarami sa kanila sa pag-aanyaya tungo sa Islām at pagtuturo sa mga Muslim.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 59 Hijrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Tumatalakay ang ḥadīth na ito ng isang mahalagang panuntunan sa pakikitungo ng Muslim sa mga ibang tao yayamang gumagabay sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bahagi ng pagkaganap ng pagkaanib sa Islām ng mananampalataya na magpahalaga siya sa mga nauukol sa kanya at sa anumang nagpapakinabang sa kanya sa Mundo niya at Kabilang-buhay niya at na hindi siya manghimasok sa mga pumapatungkol sa iba sa

kanya kabilang sa mga tao. Sa ḥadīth ay may panuto para sa Kalipunang Islām sa pagpapakaabala sa anumang nagpapakinabang sa kanila at nagpapalapit-loob sa kanila sa Panginoon nila (napakataas Siya).

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Bahagi na kalubusan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagpapahalaga niya sa anumang pumapatungkol sa kanya.

Ang pagwaksi ng Muslim sa anumang hindi pumapatungkol sa kanya ay mangangalaga sa kanya ng Relihiyon niya.

Ang pagwaksi sa kawalang-kapararakan at pangingialam ay isang patunay sa kalubusan ng pagkaanib sa Islām at katinuan.

Ang paghimok sa paggugol ng oras sa anumang makapagdudulot sa Muslim ng pakinabang.

Ang ḥadīth ay hindi sumasaway sa pagwaksi sa pagtutulungan sa kabutihan ni laban sa pagtatanong sa mga kamag-anak at mga kaibigan tungkol sa mga kalagayan nila; bagkus ang pinapakay ay ang pagwaksi sa panghihimasok sa mga pribadong pumapatungkol sa mga tao.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay ako ng payo.

Ang pagpapakaabala ng tao sa sarili niya ay may dulot na isang pag-iingat para sa oras, isang karagdagan sa paggawa ng mga maayos, isang pagpapalaganap ng espiritu ng kaseryosohan at paggawa, at isang pagpapakaunti ng mga pakikipasalungatan at mga pakikipag-alitan sa pagitan ng mga tao. Ayon sa liwanag niyon, magbigay ka ng payo sa bawat isa sa:

Isang dalagang sumusubaybay sa isinusuot ng mga kaklase niya at nahuhumaling sa mga napipili nila.

Isang binatang nagpapaabala ng sarili niya nang madalas hinggil sa mga balita sa mga manlalaro ng bola at personal na buhay nila.

Isang lalaking nakikilahok sa diskusyon ng alinmang paksang inihahain sa harapan niya, maging ito man ay nalalaman niya o hindi.

Isang kapit-bahay na nagtatanong sa mga kapitbahay niya tungkol sa kung ano ang kinakain nila sa tanghalian at hapunan.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at tutugon ako.

Natutuhan natin mula sa ḥadīth ang pagwaksi sa anumang hindi nagdudulot ng katuturan. Ito ay sumasaklaw sa pag-iisip, pakikipag-usap, pakikinig, at iba pa roon.

Makipagtulungan ka kasama ng mga ng mga kaklase mo sa pagsulat ng mga halimbawa ng mga gawaing hindi nagdudulot ng katuturan na ginagawa ng mga sumusunod na bahagi ng katawan:

Ang bahagi ng katawan Gawaing hindi nagdudulot ng katuturan na ginagawa ng bahaging ito ng katawan:

Ang isip

Ang mata

ang tainga;

Ang Dila

Aktibidad 3: Manonood ako at makikipagtalakayan ako.

Manood ka ng video clip na ito, pagkatapos makikipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa nahihinuha mo mula rito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagwaksi niya ng anumang hindi"**

(umaabot sa kanya - pumapatungkol sa kanya
- umiibig sa kanya).

Nakikinabang ang Muslim, mula sa pagwaksi
niya ng hindi pumapatungkol sa kanya, ng:

(pag-iingat ng oras - pagkaligtas ng Relihiyon -
pag-iingat ng oras at pagkaligtas ng Relihiyon).

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) para kay Abū Hurayrah
(malugod si Allāh sa kanya) ng:

(lakas ng pagsasaulo - dami ng yaman - tapang
sa pakikibaka).

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at
pangalagaan): "kagandahan ng pagkaanib sa Islām
ng tao" ay nangangahulugan ng:

(pagkakaalam sa Islām - kalubusan ng Islām -
pagpasok sa Islām).

Kabilang sa mga halimbawa ng
pagpapakaabala ng tao sa hindi pumapatungkol sa
kanya:

(ang pagsunud-sunod sa mga balita ng mga
mang-aawit - ang pagdalaw sa maysakit - ang
pagsubaybay sa mga balita ng mga Muslim).

PANUTO 2: Tugunin ang mga sumusunod na
panuto:

Magbigay-linaw ka nang maiksi sa ḥadīth:
**"Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām
ng tao ang pagwaksi niya sa anumang hindi
pumapatungkol sa kanya."**

Ang pakikipagtulungan sa kabutihan ay hindi
nakikipagsalungatan sa pagwaksi ng Muslim sa
anumang hindi pumapatungkol sa kanya.
Magpaliwanag ka niyon.

Magsulat ka ng dalawang katuturan mula sa
mga katuturang mahihinuha mula sa ḥadīth.

Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakarán

Ang Unang Aralin: Ang Pinahihintulutang Pagkita at ang Bawal na Pagkita

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong
estudyante, matapos ng araling ito na:

makatalos ka sa pagkakaiba sa pagitan ng
pinahihintulutang pagkita at bawal na pagkita;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng
pinahihintulutang pagkita;

makakilala ka ng kaibahan sa pagitan ng pinahihintulutang pagkita at bawal na pagkita;

makalayo ka sa bawal na pagkita.

Pagpapaumpisa

Humimok ang Islām sa pagkita ng salapi sapagkat ito ay isang kadahilanan sa pagtamo ng mga pangangailangan ng tao nang sa gayon mamuhay siya nang may dangal, nang walang paghingi sa mga tao o pagpapakaaba sa kanila.

A. Ang Pinahihintulutang Pagkita

Ang pinahihintulutang pagkita ay ang pagtipon ng yaman sa pamamagitan ng mga paraan at mga istilo na pinayagan ng Kapahayagan, tulad ng pangangalakal, pagsasaka, industriya, pamana at tagubilin, at iba pa roon.

Ang Kainaman ng Ipinahihintulot na Pagkita

Ang Kaligāyahan sa Mundo at ang Tagumpay sa Kabilang-buhay

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Nagtagumpay nga ang sinumang umanib sa Islām at tinustusan ng kasapatan. Nagbigay-kasiyahan sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng ibinigay sa kanya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1054.)

kasapatan: panustos na nakasapat para hindi manghingi.

Ang pagpupunyagi sa pagkita ay isang pampalapit-loob kay Allāh.

Ginawa ng Islām ang pagpupunyagi sa ipinahihintulot na pagkita na bahagi ng pagsamba. Nagsabi si Allāh:

وَعَاخِرُونَ يَضْرِبُونَ فِي الْأَرْضِ يَبْتَغُونَ مِنْ فَضْلِ اللَّهِ
وَعَاخِرُونَ يُقَاتِلُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ

{may mga iba na maglalakbay sa lupain
habang naghahanap ng kabutihang-loob ni Allāh,}
(Qur'ān 73:20)

Ang Pagpipigil sa Bawal

Kapag nagpakaabala ang Muslim sa ipinahihintulot na pagkita, natutugon ang pangangailangan niya at nagbabaling sa kanya iyon palayo sa paghahanap ng bawal na yaman.

B. Ang Bawal na Pagkita

Ang bawal na pagkita ay ang pagtamo ng yaman sa pamamagitan ng mga paraan at mga istilong ipinagbabawal ayon sa Sharī'ah, tulad ng pandaraya, pag-iimbak (hoarding), panunuhol, sugal, patubo (ribā), at pangangalakal ng ipinagbabawal.

Kabilang sa mga pamamaraan ng pagkitang hindi isinasabatas:

Ang Pandaraya at ang Panggagantso

Iyon ay sa pamamagitan ng pagkukubli ng tagapagbenta ng kapintasan sa paninda o paglalantad nito ayon sa kasalungatan ng reyalidad nito. Naparaan nga Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang lalaking nagbebenta ng makakain. Kaya nagpasok ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kamay nya sa makakain saka nakatagpo siya rito ng pamamasa kaya nagsabi siya: **"Ano ito, O may-ari ng makakain?" Nagsabi ito: "Tinamaan po iyan ng ulan, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Kaya bakit hindi ka naglagay nito sa ibabaw ng makakain upang makakita rito ang mga tao? Ang sinumang nandaya ay hindi kabilang sa akin."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 102.)

Kabilang sa pinakamasagwa sa mga anyo ng pandaraya ang pandaraya sa trabaho sa pamamagitan ng hindi pagpapahusay ng tao ng trabaho niya o ng pananadya ng pag-iwan ng ilan sa mga kapintasan dito o pagsasamantala sa kamangmangan ng may-ari ng paggawa para mag-angkin siya na siya nag-aayos ng isang samantalang hindi naman siya nag-ayos nito.

Ang Panloloko

Ito ay ang magbenta ng paninda sa isang halagang higit na mataas nang labis kaysa sa nakahiratiang presyo nito sa sinumang hindi nakaaalam sa presyo nito, gaya ng kung ang presyo ng damit ay 100 Dirham saka nagbebenta siya nito sa halagang 200 Dirham.

Ang Pag-iimbak (Hoarding)

Ito ay ang magtago ng mga panindang pampagkakailangan, gaya ng pagkain at inuman, sa mga tao nang sa gayon madagdagan ang halaga nito ng malaking dagdag, pagkatapos magbebenta siya ng mga ito sa isang halagang higit na mataas.

Ang Panunuhol

Ang panunuhol ay na magbayad ang tao ng salapi sa mga ibang tao para makuha ang hindi bahagi ng karapatan niya.

Ang halimbawa nito ay magbayad ang isang tao ng isang suhol sa hukom upang humatol siya ayon sa kabulaanan o sa isang nanunungkulan upang magbigay siya ng hindi siya naging karapat-dapat. Ito ay kabilang sa malalaking kasalanan sapagkat nasaad sa ḥadīth: **"Isinumpa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang nanunuhol at ang nagpapasuhol."** (Nagsalaysay nito sina Imām Dāwud: 3580 at Imām At-Tirmidhīy: 1337.)

Ang Pagbebenta ng Bawal o ang Pagtanggap ng Upa Dahil Dito

Iyon ay sa pamamagitan ng pagbebenta ng tao ng ipinagbawal ni Allāh, gaya ng pagbebenta ng alak at mga droga, o mga larawan at mga video clip na mapanukso; o pagtanggap ng upa sa pagsasagawa ng mga gawaing ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at tutugon ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **"Hindi gagalaw ang dalawang paa ng isang tao sa Araw ng Pagbangon hanggang sa matanong siya tungkol sa edad niya kung sa ano niya inubos ito, tungkol sa kaalaman niya kung sa ano niya ginawa, tungkol sa yaman niya kung mula sa ano niya kinita ito at kung sa ano niya ginugol ito, at tungkol sa katawan niya kung sa ano niya ginamit ito?"** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhiy: 2417.) **Pagbulay-bulayan mo ang ḥadīth na ito, pagkatapos tugunin mo ang sumusunod:**

Huluhin mo ang kadahilanan ng pagkatangi ng yaman sa dalawang tanong sa Araw ng Pagbangon.

Dahil ang yaman ay may dalawang dako: ang dako ng pagkita at dako ng paggugol.

Magsulat ka ng tatlong gawain – na iba pa sa nabanggit sa aralin – na maaari sa iyo ang kumita ng ipinahihintulot na salapi mula sa mga ito.

Aktibidad 2: Magpapaliwanag ako at magbibigay-katwiran ako.

Magsulat ka ng hatol sa pagkita sa mga sumusunod na halimbawa kasama ng pagbibigay-katwiran.

Ang Halimbawa ng Pagkita Ang Hatol sa Pagkita Ang Pagbibigay-katwiran

Pinapanaw ang isang lalaki kaya nagbaha-bahagi ang mga anak niya ng naiwan niya sa pagitan nila. Ipinahihintulot dahil ito ay pamamana.

Nagtagubilin ang isang lalaki ng isang bahagi ng yaman niya para sa kapitbahay niya. Ipinahihintulot dahil ito ay tagubiling pinapayagan.

Kumuha ang isang manggagamot ng mga gamot mula sa ospital para sa pribadong klinika niya. Bawal dahil ito ay pang-uumit.

Hinaluan ng isang tao ang gatas ng tubig upang madagdagan ang tubo. Bawal dahil ito ay pandaraya.

Nagtatrabaho ang isang tao sa pag-aalaga ng mga hayupan at nagbebenta siya ng mga gatas ng mga ito. Ipinahihintulot dahil ito ay pagbebenta.

Kinuha nang marahas ng isang binata mga ari-arian ng isa sa mga tao. Bawal dahil ito ay pangangamkam.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Pinapayagan ang magkubli ng ilan sa mga kapintasan ng paninda sa sandali ng pagbebenta.
(X)

Ang panloloko ay ang pagtatago ng paninda hanggang sa tumaas ang halaga nito. (X)

Ipinagbabawal ang pangangalakal ng mga ipinagbabawal na bagay.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga halimbawa ng pinahihintulutang pagkita:

(ang pangangalakal - ang panghuhula - ang pag-iimbak (hoarding)).

Ang ḥadīth na: "Ang sinumang nandaraya ay hindi kabilang sa akin." ay nagpapatunay sa pagbabawal sa:

(pag-iimbak - sugal - pandaraya).

Ang pagbebenta ng paninda sa presyong higit sa nakahiratiang presyo nito sa sinumang hindi nakaaalam sa halaga nito ay:

(ang pandaraya - ang panloloko - ang pag-iimbak).

Kapag nagbayad ang isang tao ng salapi para magkamit ng hindi naging karapat-dapat sa kanya, ito ay:

(panunuhol - panloloko - panggagantso).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Talusin mo ang pagkakaiba sa pagitan ng ipinahihintulot na pagkita at bawal na pagkita.

Magsulat ka ng isang patunay sa kainaman ng pagkitang ipinahihintulot.

Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Patakarán ng Pagbebenta

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng pamamaraan ng pagkakadaos ng pagbebenta;

makapag-isa-isa ka sa mga kundisyon ng pagbebenta;

makapagsadamdamin ka sa responsibilidad ng ipinahihintulot na pagkita;

makapanatili ka sa mga patakaran ng pagbebenta sa mga transaksyon mo.

A. Ang Pamamaraan ng Pagkakadaos ng Pagbebenta

Naidaraos ang pagbebenta sa pamamagitan ng isa sa dalawa:

Ang Pagsabi. Tulad ng pagsabi ng tagapagbenta: "Ipinagbibili ko sa iyo ang panindang ito sa halagang ganito. Magsasabi naman ang mamimili: "Tinanggap ko" o "Binili ko."

Ang Paggawa (Bigayan). Tulad ng pagkuha ng mamimili ng paninda mula sa harapan ng tagapagbenta at pagbibigay rito ng halaga niyon na nakasulat doon, nang walang pag-uusap sa pagitan nilang dalawa.

B. Ang mga Kundisyon ng Pagbebenta

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagkalugod ng Nagkokontratahan

Ang nagkokontratahan ay ang tagapagbenta at ang mamimili. Kaya naman hindi natutumpak ang pagbebenta kapag ang isa sa dalawang panig ay pinilit sa bentahan. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبُطْلِ إِلَّا أَنْ تَكُونَ
تِجْرَةً عَنْ تَرَاضٍ مِّنْكُمْ)

{0 mga sumampalataya, huwag kayong gumamit sa mga yaman ninyo sa pagitan ninyo ayon sa kawalang-kabuluhan, maliban na ito ay maging isang kalakalan ayon sa pagkakaluguran mula sa inyo.} (Qur'ān 4:29)

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pag-iisip, ang Pagkawari, at ang Katinuan sa Nagkokontratahan

Ito ay sa pamamagitan ng pagiging ang tagapagbenta at ang mamimili ay mga nakapag-iisip, na mga nakapagwawari, na mga matino. Kaya naman hindi natutumpak ang pagbebenta at ang pagbili ng isang baliw o isang paslit o isang hunghang.

Ang Ikatlong Kundisyon: Ang Pagkakamay-ari ng Kinokontra

Ibig sabihin: na ang tagapagbenta ay nagmamay-ari ng ibinebenta. Kaya naman hindi

natutumpak na magbenta ang isang tao ng pagmamay-ari ng iba, malibang kapag nagpahintulot sa kanya ang tagapagmay-ari. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Huwag kang magbenta ng hindi sa iyo."** (Nagsalaysay nito sina Imām Dāwud: 3503 at Imām At-Tirmidhī: 1232.)

Ibig sabihin: Huwag kang magbenta ng hindi mo pagmamay-ari.

Ang Ikaapat na Kundisyon: Ang Pagkapinapayagan ng Paninda

Kaya naman hindi pinapayagan ang pagbebenta ng panindang ipinagbabawal gaya ng pagbebenta ng alak, baboy, at tulad ng mga ito na mga bagay na ipinagbabawal. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh (napakataas Siya), kapag nagbawal ng pagkain ng isang bagay, ay nagbawal ng halaga nito."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 2678.)

Ang Ikalimang Kundisyon: Ang Kaalaman sa Paninda at Halaga

Kaya naman hindi natutumpak ang pagbilin ng bagay na di-nalalaman, gaya ng pagbili ng isang kotseng hindi nakita ng mamimili o hindi niya nalalaman ang mga detalye nito o na bumili ng kotse ng perang hindi nalalaman ang halaga.

Ang Ikaanim na Kundisyon: Ang Kakāyahan sa Pag-entrega ng Ibinebenta at Halaga

Iyon ay dahil ang pagbebenta ng bagay hindi nakakaya ang pag-entrega nito ay nasa kahatulan ng pagbebenta ng wala at ang pagbebenta ng wala ay hindi natutumpak, tulad ng pagbebenta ng isda habang nasa dagat bago mahuli ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtalakayan ako at tutugon ako.

Nagsabi si `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya): **"Walang pagbebenta sa palengke natin maliban sa sinumang nakapag-unawa na sa Relihiyon."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 487.)

Talakayin mo ang kadahilanan ng saging ito at ipaliwanag mo ang mga resulta ng pagkakaalam ng mga mangangalakal ng mga patakaran ng pagbebenta.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at maghuhulo ako.

Huluhin mo ang mga kadahilanan ng kawalang-saysay ng pagbebenta sa mga sumusunod na kalagayan:

Ang mga Kalagayan Ang kadahilanan ng kawalang-saysay ng pagbebenta rito. Dahil ang tagapagbenta ay hindi nagmamay-ari ng paninda.

May isang taong nagbenta ng bahay ng kapitbahay niya nang walang pahintulot nito. Dahil ang ibinebenta ay hindi nalalaman.

May isang taong nagbenta ng isang fetus sa tiyan ng isang baka. Dahil ang pagbebenta ng mga droga ay ipinagbabawal at kinakailangan na ang paninda ay maging pinahihintulutan.

May isang taong nagbebenta ng mga droga sa mga kabataan. Dahil ang tagapagbenta ay hindi nakawawari.

May isang lalaking bumili ng isang kotse mula sa isang batang paslit.

Aktibidad 3: Mag-uuri ako.

Sa pamamagitan ng pagkakaalam mo sa mga kundisyon ng pagbebenta, hatiin mo ang mga kundisyong ito sa: mga kundisyon ng nagkokontratahan at mga kundisyon ng kinokontrata (paninda).

Mga Kundisyon ng Nagkokontratahan - Mga Kundisyon ng Kinokontrata

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Pinapayagan ang pagbebenta ng pagmamay-ari ng iba matapos ng paghingi ng pahintulot dito.

Isinasakundisyon sa pagbebenta ang kakāyahan sa pag-entrega ng ibinebenta.

Kinakailangan na magsalita ang tagapagbenta ayon sa pormularyo ng pagkokontratahan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Hindi natutumpak ang pagbebenta ng alak dahil sa pagsasakundisyon ng pagiging ang ibinebenta ay:

(walang-buhay - nalalaman - pinapayagan ang pakikinabang).

Hindi natutumpak ang pagbebenta ng baliw ni ang pagbili niya dahil sa pagsasakundisyon ng pagiging ang tagabili ay:

(Muslim - nakapag-uunawa - adulto).

Hindi pinapayagan ang pagbebenta ng alak dahil sa pagsasakundisyon ng pagiging ang ibinebenta ay:

(buhay - dalisay - nalalaman).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Papaanong naidaraos ang pagbebenta nang walang pagsasabi?

Isinasakundisyon para sa katumpakan ng pagbebenta ang pagkalugod ng tagapagbenta at mamimili. Magpaliwanag ka niyon.

Ang Ikatlong Aralin: Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal ng Pagbebenta

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng mga uri ng patubo;

makapag-isa-isa ka ng mga ipinagbabawal na pagbebenta;

makapagbigay-patunay ka sa pagbabawal sa patubo;

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng patubo at mga ipinagbabawal na pagbebenta sa individuwal at lipunan;

makaiwas ka sa patubo at mga pagbebang sinasaway.

Aktibidad na Pang-umpisa

Sumang-ayon si Ahmad sa pagbili ng isang kotse mula sa isang negosyante. Bago niya maibigay ang bayad, may dumating na isa pang tao at nagdagdag ito sa presyo upang makuha nito mismo ang kotse. Kaya pinapayagan ba iyon?

Pakaalamín ang sagot sa pamamagitan ng araling ito.

A. Ang Patubo

Ang Patubo

Ang Patubo ng Pagkalabis

Ang Patubo ng Pagkaantala

Pagbebenta ng Dalawang Paninda Mula sa Nag-iisang Uri Kasabay ng Pagpapaliban sa Pagkuha

Ang Patubo ng mga Utang

Ang patubo ay ipinagbabawal ayon sa ijmā` (pagkakaisa ng hatol). Nagsabi si Allāh:

(وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَا)

{Nagpahintulot si Allāh ng pagbebenta at nagbawal Siya ng patubo.} (Qur'ān 2:275)

Isinumpa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang mga nagtatransaksiyon sa patubo. Ito ay dalawang uri:

I. Ang Patubo ng Pagkalabis. Ito ay ang karagdagan sa isa dalawang panumbas, sa anim na uri na nasaad sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang ginto ay kapalit ng ginto, ang pilak ay kapalit ng pilak, ang trigo ay**

kapalit ng trigo, ang sebada ay kapalit ng sebada, ang datiles ay kapalit ng datiles, at ang asin ay kapalit ng asin: [pagbabayad] sa isang tulad ng isang tulad, ng isang kapantay sa isang kapantay, ng isang kamay sa isang kamay. Kapag naman nagkaiba-iba ang mga uring ito, magbenta kayo kung papaanong niloob ninyo, kapag ito ay pagbabayad ng isang kamay sa isang kamay." (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1587.)

Kaya naman ipinagbabawal ang pagbebenta ng 100 gramo ng bagong ginto kapalit ng 110 gramo ng lumang ginto.

II. Ang Patubo ng Pagkaantala (Ibig Sabihin: Pagkapaliban). Ito ay dalawang uri:

A. Pagbebenta ng Dalawang Paninda Mula sa Nag-iisang Uri Mula sa Anim na Uri. Ito ay kasabay ng pagpapaliban sa pagkuha sa dalawang ito o pagkuha ng isa sa dalawang ito, gaya ng pagbebenta ng ginto kapalit ng ginto kasabay ng pagpapaliban ng pagkuha, dahil ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"... pagbabayad] sa isang tulad ng isang tulad, ng isang kapantay sa isang kapantay, ng isang kamay sa isang kamay."**

B. Ang Patubo ng mga Utang. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahuli ng petsa ng pagbayad ng utang kapalit ng karagdagan, tulad ng

kung sa isang tao ay may utang at kapag sumapit ang petsa ng pagbabayad at hindi nakaya ang nangutang, magsasabi siya sa nagpautang: "Magpaliban ka sa akin at magdaragdag ako sa iyo sa bayad sa utang."

Ang Patubo sa Kasalukuyang Panahon

Ang patubo sa kasalukuyang panahon ay may maraming anyo. Ang pinakatanyag sa mga ito ay ang mga interes ng bangko yayamang tunay ang mga bangko ay nagpapautang sa mga tao ng mga pera kapalit ng karagdagang patubo na tinatawag na interes. Ito ay ipinagbabawal.

O nagbibigay ang tao ng interes na pampatubo kapalit ng paglalagak ng pera sa bangko.

B. Ang mga Pagbebentang Sinasaway

Ang Pagbebenta ng Muslim Laban sa Pagbebenta ng Kapatid Niya

Nagsabi ang Propeta (s): **"Huwag magbenta ang iba sa inyo laban sa pagbebenta ng iba."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2150 at Imām Muslim: 1515.)

Gaya ng pagsabi ng tagapagbenta sa sinumang bumibili ng isang paninda sa halagang sampung piso: "Ako ay magbibigay sa iyo ng tulad niya sa halagang siyam na piso."

Ang Pagbili ng Muslim Laban sa Pagbili ng Kapatid Niya

Gaya ng pagsabi ng mamimili sa sinumang nagbebenta ng isang paninda sa halagang siyam na pisa: "/Ako ay bibili niya mula sa iyo sa halagang sampung piso."

Ang kadahilanan ng pagbabawal sa pagbebenta ng Muslim laban sa pagbebenta na kapatid niya at sa pagbili niya laban sa pagbili ng kapatid niya ay na ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng paglaganap ng pagkamuhi at pagkasuklam sa gitna ng mga Muslim.

Ang Pagbebenta Matapos ng Adhān ng Jumu`ah

Nagbawal si Allāh ng pagbebenta at pagbili matapos ng adhān ng Jumu`ah sa sinumang kinakailangan sa kanya ang magsagawa ng ṣalāh sa Jumu`ah: ang Muslim na lalaki, na adulto, na nakapag-uunawa, na residente, na malusog. Ang tinutukoy ng adhān dito ay ang ikalawang adhān, na matapos ng pag-akyat ng imām sa mimbar. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِذَا نُودِيَ لِلصَّلَاةِ مِنْ يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَىٰ ذِكْرِ اللَّهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ ذَلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِنْ كُنْتُمْ تَعْلَمُونَ)

{O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magmadali kayo sa pag-alaala kay Allāh at iwan ninyo ang pagtitinda. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay nakaaalam.} (Qur'ān 62:9)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at maghuhulo ako.

Maghulo ka mula sa aralin ng nagpapahiwatig sa sumusunod:

Hindi pinapayagan ang pagpapakaabala sa pangangalakal para makaligtaan ang pagtalimang kinakailangan

Nagbawal ang Sharī`ah ng bawat transaksiyon na nauuwi sa pagkasuklam sa gitna ng mga Muslim.

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at maghuhulo ako.

Huluhin mo ang mga kahatulan sa patubo na ipinahihiwatig ng dalawang sumusunod na teksto:

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(يَمَحَقُ اللَّهُ الرِّبَا وَيُرِي الصَّدَقَاتِ)

{Pumupuksa si Allāh sa patubo at nagpapalago Siya sa mga kawanggawa.} (Qur'ān 2:276)

Ang patubo ay nag-aalis ng pagpapala mula sa panustos at nauuwi sa paglaganap ng karalitaan at kawalang-trabaho.

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَإِنْ تُبْتِغُوا فَلَكُمْ رُءُوسُ أَمْوَالِكُمْ لَا تَظْلِمُونَ وَلَا تُظْلَمُونَ)

{Kung nagbalik-loob kayo ay ukol sa inyo ang mga puhunan ng mga salapi ninyo. Hindi kayo lalabag sa katarungan at hindi kayo lalabagin sa katarungan.} (Qur'ān 2:279)

Kapag nagbalik-loob ang tagapakinabang sa patubo, tunay na siya ay kukuha ng puhunan niya lamang. Hindi pinapayagan para sa kanya ang kumuha ng karagdagan doon.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at magpapahayag ako.

Pagbulay-bulayan mo ang matinding banta sa mga nagtatransaksiyon sa patubo, pagkatapos magsulat ka ng isang pananalitang nagbibigay-

babala laban sa patubo habang nagpapasaksi sa sumusunod na ḥadīth, pagkatapos magbigay ka ng pananalita sa pamilya mo:

{Isinumpa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang tagapakinabang ng patubo, ang tagapagpakinabang nito, ang tagasulat nito, at mga tagasaksi nito. Nagsabi siya: "Sila ay magkapantay."} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1598.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ipinagbabawal ang pagbebenta ng babae sa babae matapos ng adhān ng Jumu`ah.

Ang mga interes ng bangko ay kabilang sa mga kontemporaryong anyo ng patubo.

Ipinagbabawal ang pagbili ng Muslim laban sa pagbili ng kapatid niya.

Ang patubo ay nagpapalaganap ng kawalang-katarungan at karalitaan sa lipunan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ipinagbabawal ang mga transaksyon na nagpapalaganap sa gitna ng mga Muslim ng:

(pagtutulungan - pagkamuhi - yaman).

Ang kahatulan sa mga pagbebenta na nagpapamintis sa mga tungkulin ay:

(ang pagbabawal - ang pagkasuklam - ang pagpayag).

Ang pagpapaliban sa petsa ng pagbabayad ng utang kapalit ng karagdagan ay kabilang sa:

(mga multa ng pagpapaliban - patubo ng pagkalabis - patubo ng mga utang).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang patunay sa pagkabawal ng patubo.

Maghambing ka sa pagitan ng patubo ng pagkalabis at patubo sa mga utang.

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kontrata ng Pagpapaupa

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng tinutukoy ng kontrata ng pagpapaupa;

makapag-isa-isa ka sa mga kundisyong pagpapaupa;

makatalos ka sa pagkakaibahan sa pagitan ng dalawang uri ng pagpapaupa;

makapagsadamdamin ka sa kahalagahan ng pagpapaupa sa individuwal at lipunan;

makaiwas ka sa mga transaksiyong ipinagbabawal.

Aktibidad na Pang-umpisa

May isang mahusay na magbubukid subalit siya ay hindi nagmamay-ari ng isang lupaing masasaka niya. Sa opinyon mo, papaano maaaring ang kontrata ng pagpapaupa ay maging solusyon sa suliranin niya?

Ang pagpapaupa ay kabilang sa mga kontrata na kinakailangan ng mga tao dahil ito ay nagbibigay sa kanila ng mga kapakinabangang hindi nila pinagmamay-ari, tulad ng kapakinabangan ng pagtira o pagsakay. Ang pagpapaupa ay may pagpapagaan sa mga tao. Tatalakayin ng araling ito ang mga patakaran nito.

Ang Pagpapaupa

Ang Pagbibigay-kahulugan Rito

Ang Kahatulan Dito

Ang mga Uri ng Bid`ah

Ang mga Kundisyon ng Pagpapaupa

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Pagpapaupa

Ang pagpapaupa ay isang kontrata sa pakikinabang sa isang kapakinabangang pinahihintulutan sa isang yugtong nalalaman, o sa isang gawaing nalalaman, kapalit ng isang upang nalalaman.

Ang halimbawa niyon: Nangupahan si Ibrāhīm kay Aḥmad ng isang apartment upang tirahan niya ito kapalit ng 5,000 Piso na upa sa isang buwan. Ang apartment ay pagmamay-ari ni Aḥmad ang pakikinabang dito ay kay Ibrāhīm sa loob ng yugto ng pagpapaupa.

B. Ang Kahatulan sa Pagpapaupa

Ang pagpapaupa ay pinapayagan. Nagsabi si Allāh:

(فَإِنْ أَرْضَعْنَ لَكُمْ فَآتُوهُنَّ أَجُورَهُنَّ)

{saka kung nagpasuso sila [ng mga anak ninyo] para sa inyo, magbigay kayo sa kanila ng mga upa nila} (Qur'ān 65:6)

Ibig sabihin: ang upa ng pagpapasuso sa mga bata. Inupahan nga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) si `Abdullāh bin Urayqit

upang gumabay sa kanya sa daan ng paglikas papuntang Madīnah.

C. Ang mga Uri ng Pagpapaupa

Ang pagpapaupa kapalit ng mga kapakinabangan, tulad ng pagpapaupa ng isang apartment sa sinumang maninirahan dito o ng isang kotse sa sinumang gagamit nito sa isang panahong tinakdaan.

Ang pagpapaupa kapalit ng pagganap ng isang trabahong nalalaman, tulad ng pag-upa ni Muḥammad ng isang karpintero upang gumawa para sa kanya ng isang silya.

D. Ang mga Kundisyon ng Pagpapaupa

Isinasakundisyon sa kontrata ng pagpapaupa ang isang bilang ng mga kundisyon. Ang mga ito ay:

Na ang bagay na pinauupahan o ang gawaing inuupahan para gampanan ay pinapayagan sapagkat hindi pinapayagan ang pagpapaupa ng isang puwesto para sa pagbebenta ng alak o ang pag-upa sa isang tao upang magtrabaho sa pagbebenta ng mga droga.

Ang pagkakaalam sa kapakinabangan dahil ang kapakinabangan ay ang kinokontra kaya naman isinasakundisyon ang kaalaman dito.

Na ang yugto ng pagpapaupa sa kapakinabangan ay nalalaman, gaya ng isang araw o isang buwan o anumang yugto na pinagkasunduan ng dalawang panig.

Na ang halaga ng pagpapaupa ay nalalaman.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at maghuhulo ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allah at pangalagaan): **{Nagsabi si Allāh (Napakataas Siya): May tatlong [tao na] Ako ang katunggali nila sa Araw ng Pagbangon: ...}** Bumanggit Siya ng kabilang sa kanila: **{... Nagsabi si Allāh, Napakataas Siya: May tatlong [tao na] Ako ang katunggali nila sa Araw ng Pagbangon:}** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 2227.)

Basahin mo nang maigi ang ḥadīth na ito, pagkatapos huluhin mo ang mahihinuha mo mula rito.

Aktibidad 2: Maghahambing ako.

Maghambing ka sa pagitan ng pagbebenta at pagpapaupa, gaya ng naipaliwanag sa sumusunod na talahanayan:

Ang anyo ng paghahambing; Ang Pagbebenta at ang Pagpapaupa Ang Pagpapaupa

Al-Ḥakam

Ang Pangalan ng Dalawang Panig

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako at pupuna ako.

Makipagtalakayan ka sa tagapagturo mo kaugnay sa paglilinaw sa anyo ng kamalian sa mga sumusunod na kontrata ng pagpapaupa:

Ang Anyo ng Pagkakamali Rito Ang Kontrata ng Pagpapaupa

Nangupahan ang isang tao ng isang puwesto upang ito ay maging isang panggabing aliwan.

Umupa ang isang tao ng isang upahang trabahador nang hindi siya nagtatakda ng mga oras ng trabaho nito.

Umupa ang isang tao ng isang upahang trabahador nang walang pagbanggit ng suweldo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Natutumpak ang pagpapaupa kasama ng kawalang-kaalaman sa bayad. (X)

Pinapayagan sa pagpapaupa na ang kapakinabangan ay hindi pinahihintulutan.

Isinasakundisyon sa pagpapaupa ang pagkakaalam sa kapakinabangan. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagpapaupa ay isang kontrata sa pakikinabang ng isang kapakinabangang:

(pinahihintulutan - itinuturing na kaibig-ibig - kinakailangan).

Ang sinumang umupa ng isang tahanan sa isang yugtong hindi nalalaman, tunay na ang kontrata ay:

(ipinagpapaliban - tumpak - walang-saysay).

Inireresulta sa kontrata ng pagpapaupa ang pagkakarapat-dapat ng upahang trabahador sa:

(bagay na inuupahan - upa - pag-iwan ng trabaho).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang tinutukoy sa pagpapaupa?

Talusin mo ang kaibahan sa pagitan ng dalawang uri ng pagpapaupa.

Ang Ikalimang Aralin: Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa kahatulan ng paggamit ng mga bank card;

makatalos ka sa pagkakaiba sa pagitan ng kahatulan sa segurong komersiyal (commercial insurance) at segurong kooperatiba (mutual insurance);

makapaglinaw ka ng kahatulan sa pagbebenta nang pahulugan;

makapagbuod ka ng kahatulan sa kalakalang elektroniko (electronic trading);

makapagmalasakit ka sa pinahihintulutang pagkita;

makapagdakila ka sa pagkasaklaw ng Sharī`ah para mga kaganapan at mga usaping panibago.

May lumaganap na mga bagong sistema sa reyalidad ng pang-ekonomiyang moderno kaya naman kailangan sa atin na mag-aral ng mga ito upang makaalam tayo sa paninindigan ng Sharī`ah sa mga ito. Sa araling ito mag-aaralan tayo ng lima sa mga ito.

A. Ang Bank Card

Ang mga tarheta (card) na iniisyu ng mga bangko ay dalawang uri:

Ang Unang Uri: Ang Tarheta ng Agarang Kaltas (Debit Card)

Ito ay isang bank card na naglalagay rito ang may-ari nito ng isang halaga ng salapi. Maaari sa kanya na mag-withdraw ng halagang ito kailanman niya loobin o magbayad sa pamamagitan nito ng halaga ng mga pinamili niya mula sa mga pamilihan subalit siya ay hindi makagagawa na magbayad kundi ayon sa kantidad ng aktuwal na deposito niya sa bangko.

Ang tarheta ng agarang kaltas (debit card) ay pinapayagan dahil ang tao ay kumukuha mula sa mga inimpok niya.

Ang Ikalawang Uri: Ang Tarheta ng Pagtitiwala at Ipinagpalibang Kaltas (Credit Card)

Ito ay isang bank card, na magagawa ng may-ari nito ang kumuha ng pera o ang magbayad ng halaga ng mga pinamili niya mula sa mga pamilihan, kahit pa ito ay naging higit kaysa sa mga iniimpok niya. Binibigyan ang may-ari ng card ng isang palugit na tinakdaan. Kapag nagwakas ang palugit, magpapataw sa kanya ang bangko ng isang interes na patubo.

Hindi ang pinapayagan ang pakikipagtransaksiyunan sa pamamagitan nito dahil sa pagkakasaklaw nito sa patubo. Kapag nakipagtransaksiyon sa pamamagitan nito ang Muslim dahil sa pagkakailangan, kinakailangan sa

kanya ang hindi magpaliban sa pagbayad ng utang lampas sa tinakdaang panahon. Itinatangi mula roon ang iniisyu ng ilan sa mga bangkong Islāmiko na mga bank card na hindi naglalaman ng mga interes na patubo.

B. Ang Segurong Komersiyal

Ito ay isang kontratang naoobliga rito ang isineguro (insured) ng pagbabayad ng salapi sa parte ng seguro (insuring party) kapalit ng pagbabayad-pinsala ng parte ng seguro kung may nangyari sa kanya na mga pinsala.

Ito ay tulad ng seguro ng mga kotse kung saan nagbabayad ang kustomer ng mga buwanang premium. Hindi siya makikinabang sa mga ito malibang kapag naganap ang isang aksidente ng kotse sapagkat magbabayad ang kompanya ng seguro ng bayad-pinsala dahil sa aksidente.

Ito ay isang kontratang ipinagbabawal ayon sa Batas ng Islām dahil ito kabilang sa mga kontrata ng panlalalang sapagkat ang kustomer ay magbabayad ng pera at hindi nakaaalam kung mababawi ba niya ito. Gayon din ang pera na ibabayad ng kompanya, hindi nalalaman sa sandali ng pagkontrata.

C. Ang Segurong Pandamayan (Kooperatiba)

Ito ay isang kontratang nakikilahok dito ang isang grupo ng mga tao sa pagbabayad ng isang

halagang tinukoy para sa pagtulong sa sinumang dinapuan ng isang pinsala kabilang sa kanila.

Ito ay isang kontratang pinapayagan ayon sa Batas ng Islām dahil ito ay kabilang sa mga kontrata ng pag-aabuloy kung saan nagbabayad ang kalahok ng halagang ito nang may kaāyahan ng sarili, na nag-aabuloy nito sa sinumang nangangailangan nito kabilang sa kanila.

D. Ang Pagbebenta Nang Pahulugan

Ito ay pagbebentang natatanggap dito ng mamimili ang paninda kaagad at ipinagpapaliban ang pagbabayad ng buong halaga sa pahulugan na napagkasunduan ng nagkokontratahan.

Ang halimbawa nito: Na bumili si Ahmad ng isang bahay sa halagang 1,000,000 Piso, na babayaran niya bawat taon ng 100,000 Piso sa yugto ng 10 taon.

Ito ay isang pagbebentang pinapayagan dahil sa pagkapaloob nito sa pagkapanlahat ng sabi ni Allāh:

(وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ)

{Nagpahintulot si Allāh ng pagtitinda at nagbawal Siya ng patubo.} (Qur'ān 2:275)

E. Ang Kalakalang Elektronik

Ang kalakarang elektroniko ay ang lahat ng mga operasyon ng paglalako ng mga paninda at mga serbisyo sa pamamagitan ng mga elektronikong kaparaanan ng pakikipagtalastasan (electronic media) gaya ng mga network ng kompyuter (computer network), internet, mga aplikasyong elektroniko, at tulad ng mga ito.

Ang mga Uri ng Kalakalang Elektroniko

Ang kalakalang elektroniko ay may ilang uri, na kabilang sa mga ito:

Ang palitan ng mga paninda at mga produktong pisikal gaya ng mga appliances at tulad ng mga ito, sa pamamagitan ng pagbabayad ng mamimili ng halaga ng mga ito sa pamamagitan ng website ng kompanya, pagkatapos ipadadala ng kompanya ang mga produkto sa pamamagitan ng mga kompanya ng paghahatid ng kargamento.

Ang palitan ng mga serbisyo gaya ng mga aplikasyon ng transportasyon ng mga nagkakaiba-ibang sasakyan, ng mga tiket ng eroplano, at mga reservation sa mga hotel.

Ang palitan ng mga produktong digital gaya ng mga programang pangkompyuter (software), mga aplikasyon, mga film, at tulad ng mga ito kung saan magbabayad ang mamimili ng halaga ng mga ito, pagkatapos magkukumpirma siya ng mga ito sa

pansariling kagamitan (personal device) niya, o kukuha siya ng lisensiya sa paggamit ng mga ito.

Ang Kahatulan sa Kalakarang Elektroniko

Ang kalakarang elektroniko ay pinapayagan, malibang kapag naglaman ito ng isang bagay na ipinagbabawal. Kabilang doon:

Ang pandaraya at ang panggugulang;

Ang pagbili ng paninda o serbisyo nang walang pagkakaalam sa mga detalye nito;

Ang paglabag sa karapatan ng pagmamay-ari gaya ng paggamit ng mga programa (software) o mga inakdaang sinarili ang mga karapatan (copyrighted authorships) nang walang pahintulot ng tagapagmay-ari ng mga ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsusulat ako ng kahatulan at magbibigay-katwiran ako.

Isulat mo ang kahatulan sa mga sumusunod na transaksyon kasama ng pagbibigay-katwiran:

Ang Transaksyon Al-Hakam Ang Pagbibigay-katwiran

Bumili si Ahmad ng isang puwestong komersiyal at nagpaseguro siya rito laban sa sunog at pagnanakaw kapalit ng taunang premium na ibabayad niya sa kompanya ng seguro.

Bawal

Dahil ito ay kabilang sa mga anyo ng segurong komersiyal, na ipinagbabawal.

Bumili si Muhammad ng isang kotse sa halagang 1,000,000 at nakipagkasundo siya sa tagapagbenta sa pagbabayad ng halaga sa loob ng sampung buwan.

Pinapayagan

Dahil ito ay pagbebenta nang pahulugan, na pinapayagan.

Sumosyo si Fāṭimah sa mga kaklase niya sa isang pagawaan sa isang pondong damayan (mutual fund). Pinapayagan Dahil ito ay kabilang sa mga kontrata ng pag-aabuloy.

Aktibidad 2: Maghahambing ako.

Maghambing ka sa pagitan ng debit card at credit card ayon sa hinihiling sa sumusunod na talahanayan:

Ang Debit Card Ang anyo ng paghahambing;
Ang Debit Card

Ang mga ito ay mga bank card na naglalagay sa mga ito ang may-ari ng mga ito ng isang deposito ng salapi. Maaari sa kanya na mag-withdraw nito o bumili mula rito kailanman niya loobin, nang walang posibilidad ng pagpapautang sa may-ari nito.

Ang Tinutukoy sa mga Ito. Ang mga ito ay mga bank card na makakaya ng may-ari ng mga ito ang mag-withdraw mula sa deposito niya kasabay ng pagpayag sa pagpapautang sa kanya sa isang yugto ng panahon.

Pinapayagan Ang Kahatulan Dito Hindi Pinapayagan

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Pinapayagan ang segurong komersiyal dahil ito ay kabilang sa mga kontrata ng mga pag-aabuloy. (X)

Isinasakundisyon sa pagbebenta ng pahulugan ang pagtatakda ng mga petsa ng paghuhulog. (✓)

Kinasusuklanan ang pagbebenta at pagbili sa pamamagitan ng digital media.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Hadīth: **{Sumaway ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagbebenta ng panlalalang.}** ay hinahanguan ng patunay sa pagkabawal ng:

(mga bono - pagbebenta ng hulugan - segurong komersiyal).

Kabilang sa mga patunay ng pagpayag sa segurong damayan (mutual insurance) ay na ito ay:

(kontrata ng pag-aabuloy - hindi inoobliga - laganap sa mga tao).

Ang kahatulan ng kalakalang elektroniko ay:

(ang pagpayag - ang pagkasuklam - ang pagpayag hanggat hindi naglalaman ng isang bagay na ipinagbabawal).

PANUTO 3: Papaano mong ipakakahulugan: ang pagpayag sa pagbebenta nang pahulugan?

Dahil sa pagkapaloob nito sa pagkapanlahat ng sabi ni Allāh:

(وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَا)

{Nagpahintulot si Allāh ng pagtitinda at nagbawal Siya ng patubo.} (Qur'ān 2:275)

PANUTO 4: Mataos ng pag-aaral mo ng araling ito, papaano kang hahango ng patunay sa pagkasaklaw ng mga patakaran ng Sharī`ah sa mga panibagong bagay at mga usaping kontemporaryo sa buhay ng mga Muslim.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Patakaran ng Pag-aasawa

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makahango ka ng patunay sa pagkaisinasabatas ng pag-aasawa;

makapaglinaw ka ng mga kundisyon ng pagdaraos ng kasal;

makapagdakila ka sa mga patakaran ng Islām at mga katuruan nito.

Kinakailangan sa bawat interesado sa pag-aasawa na matutuhan ang mga patakaran nitong pang-Shari`ah. Matututuhan natin sa araling ito ang pinakamahalaga sa mga patakarang iyon.

A. Ang Pagkaisinasabatas ng Pag-aasawa

Lumikha si Allāh mula sa bawat bagay ng magkapares, nagsanaturalesa Siya sa mga tao ng pagkaibig sa pag-aasawa at pagkahilig dito, at nagutos Siya nito. Nagsabi si Allāh:

(فَأَنْكِحُوا مَا طَابَ لَكُمْ مِنَ النِّسَاءِ مَثْنَى وَثُلَّةَ وَرُبُعَ)

{mag-asawa kayo ng naging kaaya-aya para sa inyo na mga babae: dalawahan o tatluhan o apatan.} (Qur'ān 4:3)

Ang kasanhian ng pagbabatas nito ay ang pangangalaga sa mga dangal, ang pag-iingat sa uring tao, ang pagtutulongan sa mga pasanin ng buhay, at ang pagpapatahan sa lupa ng kaaya-ayang supling.

Ang mga Kundisyon ng Katumpakan ng Pag-aasawa

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagkalugod

Ang pagkalugod ay ang pakikipagsang-ayunan ng bawat isa sa lalaki at babae sa pagdaraos ng kasal, kaya hindi natutumpak ang pagpilit sa babae ni sa lalaki sa pag-aasawa.

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pagtukoy sa Bawat Isa sa mga Ikinakasal

Nangyayari ang pagtukoy sa pamamagitan ng pagturo sa ikinakasal o pagtawag dito o paglalarawan dito ng ikinabubukod niya.

Ang Ikatlong Kundisyon: Ang Pagkakaroon ng Walīy

Ang walīy ay isang lalaking kabilang sa mga kamag-anak ng babae, na magsasagawa ng

pagdaraos ng kasal bilang kinatawan ng babae. Hindi pinapayagan na ipakasal ng babae ang sarili niya ni na ipakasal ng isang babae ang ibang babae sapagkat kung ginawa niya iyon, ang kasal niya ay walang-saysay. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang alinmang babae na nagpakasal nang walang pahintulot ng waliy niya, ang kasal niya ay walang-saysay, ang kasal niya ay walang-saysay."** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 1102.)

Nagsakundisyon ang Islām ng pagkakaroon ng waliy bilang pangangalaga sa babae at bilang pag-iingat sa mga karapatan niya. Isinasakundisyon sa waliy ang pagkalalaki, ang kasapatan ng gulang, ang pagkakaroon ng isip, ang katarungan, at ang katinuan.

Ang Ikaapat na Kundisyon: Ang Kawalan ng mga Ikakasal ng mga Hadlang

Kinakailangan na hindi nasa mga ikakasal o sa isa sa dalawa sa kanila ang nakapipigil sa pagpapakasal. Ito ay tulad ng:

Pagbabawal dahil sa kadahilanan ng kaangkanan o pagpapasuso, gaya ng kung sila ay magkapatid na buo o magkapatid sa pagpapasuso;

Pagbabawal dahil sa kadahilanan ng pagkakaibahan ng relihiyon, gaya ng kung ang babae ay Muslim at ang lalaki ay Kristiyano;

Pagbabawal dahil sa kadahilanang pansamantala, tulad ng pagiging ang babae ay nasa `iddah ng diborsiyo o pagkabalo.

Ang Ikalimang Kundisyon: Ang Pagsaksi

Hindi naidaraos ang kasal malibang may pagdalo ng dalawang lalaking makatarungan na sasaksi sa pagkasal. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang kasal kung walang walīy at dalawang tagasaksing makatarungan."** (Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dāraqṭnīy: 3531.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Hahatol ako at magbibigay-katwiran ako.

Linawin mo ang hatol ng pagdaraos ng kasal sa mga sumusunod na usapin kasama ng pagbibigay-katwiran.

Ang Usapin Al-Ḥakam Ang Pagbibigay-katwiran

Ipinakasal ng isang lalaking Muslim ang isa sa mga babaing anak niya nang walang pagtukoy rito.

Nag-asawa ang isang babae habang siya ay nasa `iddah ng pagkabalo.

Nagpakasal ang isang babae sa kasamahan niya nang hindi nagpapatid sa mag-anak niya.

Aktibidad 2: Maghuhulo ako.

Maghulo ka mula sa mga sumunod na patunay ng mga kundisyon ng kasal na ipinapatunay ng mga ito:

Ang Patunay Ang Kundisyon

Nagsabi ang Propeta (s): "**Hindi ipakakasal ng babae ang babae at hindi ipakakasal ng babae ang sarili niya.**" Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 1882.

Nagsabi ang Propeta (s): "**Hindi ipinakakasal ang babaing dating nakapag-asawa hanggang sa nasangguni siya at hindi ipinakakasal ang birhen hanggang sa pinagpaalaman siya.**" (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5136 at Imām Muslim: 1419.)

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَلَا تَنْكِحُوا الْمُشْرِكَةَ حَتَّىٰ يُؤْمِنَ)

{Huwag kayong magpakasal sa mga babaing tagapagtambal hanggang sa sumampalataya sila.}
(Qur'ān 2:221)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Kabilang sa nangyayari sa pamamagitan nito ang pagtukoy sa mga ikinakasal ang pagturo sa ikinakasal.

Pinapayagan sa ama ang pagpilit sa birheng adultong anak niya sa pagpapakasal. (X)

Natutumpak na mag-asawa ang lalaking Muslim ng isang babaing Kristiyano o Hudyo.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Isinasakundisyon na ang dalawang tagasaksi sa kasal ay:

(dalawang lalaki - isang lalaki at dalawang babae - dalawang lalaki mula sa mga kamag-anak).

Kabilang sa mga kadahilanang pumipigil sa pagkakasal:

(ang pagkakaibahan ng edad - ang pagkakaibahan ng relihiyon - ang pagkakaibahan ng bayan).

Kapag ipinakasal ng babae ang isa pang babae ang kasal ay:

(walang-saysay - kinasusuklaman - tumpak).

PANUTO 3: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Natutumpak ang kasal kapag ang walīy ay isang bata.

Pinapayagan ang pag-aasawa ng babaing Muslim sa hindi Muslim.

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng patunay ng pagkaisinasabatas ng pag-aasawa.

Kabilang sa katumpakan ng pag-aasawa ang kawalan ng mga ikakasal ng mga hadlang. Magpaliwanag ka niyon.

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagsasamang Pangmag-asawa

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka sa karapatan ng asawa sa maybahay niya;

makapaglinaw ka sa karapatan ng maybahay sa asawa niya;

makahango ka ng patunay sa mga karapatan ng mag-asawa;

makapagdakila ka sa mga patakaran ng Islām.

Pagpapaumpisa

Bumanggit ka ng tatlo sa mga karapatan ng maybahay sa asawa niya, pagkatapos magsagawa ka ng pagtatasa (assessment) sa sagot mo sa wakas ng aralin.

A. Ang Karapatan ng Asawa sa Maybahay Niya
Ang Karapatan sa Pagtalima

Nag-utos ang Islām sa maybahay ng pagtalima sa asawa sa anumang nauugnay sa mga karapatan niya at karapatan ng pamilya sapagkat siya ay ang pinuno ng pamilya. Isinasakundisyon na ang pagtalima ay hindi sa pagsuway kay Allāh (napakataas Siya).

Ang Pananatili sa Bahay at ang Pangangalaga Rito

Nag-obliga ang Islām sa babae ng pamamalagi sa bahay ng asawa niya at nagbawal ito sa kanya ng paglabas nang walang permiso niya. Nagsabi si Allāh:

(وَقَرْنَ فِي بُيُوتِكُنَّ)

{Manatili kayo sa mga bahay ninyo} (Qur'ān 33:33) Hindi ukol sa asawa na pumigil sa maybahay sa pagdalaw sa mga magulang nito ayon sa nakabubuti.

Kinakailangan sa maybahay ang mangalaga ng bahay niya, ang mag-ingat sa ari-arian ng asawa niya, at ang mag-alaga ng mga anak niya.

Ang Karapatan sa Pag-aaruga

Ang pag-aaruga ay nangangahulugan na ang lalaki ay ang may pagtangkilik at awtoridad sa bahay. Kailangan sa kanya rin ang pagsustento, ang pagpapademit, at ang pagbabahay. Nagsabi si Allāh:

(الرِّجَالُ قَوُّمُونَ عَلَى النِّسَاءِ بِمَا فَضَّلَ اللَّهُ بَعْضَهُمْ عَلَى بَعْضٍ وَبِمَا أَنْفَقُوا مِنْ أَمْوَالِهِمْ)

{Ang mga lalaki ay mga tagapag-aruga ng mga babae dahil nagtangi si Allāh sa iba sa kanila higit sa iba at dahil gumugol sila mula sa mga yaman nila.} (Qur'ān 4:34)

B. Ang Karapatan ng Maybahay sa Asawa Niya

Ang Mahr (Dote) o ang Ṣadāq (Bigay-kaya)

Ito ay isang kantidad ng salapi (o ari-arian) na kinakailangan sa lalaki na ibagay sa babae sa bisa ng pagkakasagawa ng kasal. Nagsabi si Allāh:

(وَعَاثُوا النِّسَاءَ صَدُقَتِهِنَّ نِحْلَةً)

{Magbigay kayo sa mga babae ng mga bigay-kaya sa kanila bilang tungkuling regalo,} (Qur'ān 4:4)

Ito ay nagpapadama sa babae na siya ay pinag-uukulan ng pagbibigay-halaga at pagpaparangal.

Ang Karapatan sa Pagsustento

Ang paggugol ay sumasaklaw sa pagkain, inumin, damit, tirahan, at iba pa roon. Tinataya ang pagsustento ayon sa katarungan alinsunod sa kalagayan ng asawa. Nagsabi si Allāh:

(الْيُنْفِقُ ذُو سَعَةٍ مِّن سَعَتِهِ وَمَن قُدِرَ عَلَيْهِ رِزْقُهُ فَلْيُنْفِقْ مِمَّا آتَاهُ اللَّهُ لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا مَّا آتَاهَا)

{Gumugol ang may kaluwagan mula sa kaluwagan niya. Ang sinumang pinakapos ang panustos sa kanya ay gumugol siya mula sa

ibinigay sa kanya ni Allāh. Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa ibinigay Niya rito. Gagawa si Allāh, matapos ng isang hirap, ng isang ginhawa.} (Qur'ān 65:7)

Ang Pakikisama Ayon sa Nakabubuti

Nag-utos si Allāh sa asawa ng kagandahan ng pakikitungo sa maybahay. Nagsabi si Allāh:

(وَعَاشِرُوهُنَّ بِالْمَعْرُوفِ فَإِنْ كَرِهْتُمُوهُنَّ فَعَسَى أَنْ تَكْرَهُوا شَيْئًا وَيَجْعَلَ اللَّهُ فِيهِ خَيْرًا كَثِيرًا)

{Makitungo kayo sa kanila ayon sa nakabubuti sapagkat kung nasuklam kayo sa kanila ay marahil nasusuklam kayo sa isang bagay at gumagawa naman si Allāh dito ng maraming kabutihan.} (Qur'ān 4:19) Kaya naman kinakailangan sa asawa na gumawa ng maganda sa maybahay niya kahit pa man may kinasuklaman siya rito na anuman. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **Ang**

higit na mabuti sa inyo ay ang higit na mabuti sa maybahay niya, at ako ay ang higit na mabuti sa inyo sa maybahay ko." Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 3895 at Imām Ibnu Mājah 1977.

Kabilang sa mga anyo ng kagandahan ng pakikitungo ang sumusunod:

ang pagkadisente, ang pagngiti, at ang pagkaaliwalas ng mukha;

ang pakikipag-usap sa maybahay, ang pakikipagpalagayang-loob sa kanya, at ang pagkakaloob sa kanya ng isang bahagi ng oras;

ang pagbubunyi sa mga pangyayari ng pagkagawa ng maganda at pagkahusay ng gawa;

ang pagpapaumanhin sa mga pagkakamali at ang pagwawalang-bahala sa mga ito;

ang kagandahan ng pagtrato sa mga pangyayari ng pagkakamali at pagkukulang, ang pag-iwas sa paninisi at kagaspangan, at ang tulad niyon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magpapayo ako.

Magbigay ka ng payo sa bawat isa sa sumusunod:

Ang Senaryo Ang Pagbibigay-katwiran

May isang ama na nag-iipon ng salapi at hindi gumugugol sa pamilya niya.

May isang maybahay na lumalabas nang walang pahintulot ng asawa niya.

May isang ama na hindi nagtuturo sa mga anak niya ng mga etiketa ng Islām.

Aktibidad 2: Magbibigay ako ng isang pananalita.

Gunigunihin mo na ikaw ay inanyāyahan sa isang sesyon ng pagkakasundo ng mag-asawa at hiniling sa iyo na magsabi ka ng isang pananalita para sa pagpapakasundo sa kanilang dalawa, pangangalaga sa pamilya, pagpapatag dito, at paglilinaw ng mga karapatan at mga tungkulin ng bawat isa sa kanilang dalawa.

Magsulat ka ng maaaring sabihin mo sa senaryong ito, pagkatapos magbigay ka ng pananalita mo sa mga kaklase mo.

Aktibidad 3: Hahango ako.

Basahin mo ang mga sumusunod na teksto at hanguin mo mula sa mga ito ang mga karapatan ng asawa at maybahay.

Ang Teksto Ang mga Karapatan ng Asawa at Maybahay

Nagsabi ang Propeta (s): **"Ang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng asawa niya at responsable sa alaga niya."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 893.)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allah at pangalagaan): **"Hindi namumuhi ang isang lalaking mananampalataya sa isang babaing mananampalataya. Kung nasuklam siya rito ng isang asal, malulugod siya rito sa ibang asal."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1469.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagpapahiwatig ang sabi ni Allāh na: {Manatili kayo sa mga bahay ninyo} sa isang karapatan mula sa mga karapatan ng asawa. Ito ay:

(ang pagkakinakailangan ng pagtalima - ang pamamalagi sa bahay - ang pagsustento).

Kabilang sa kinakailangan sa maybahay:

(ang pagdalaw sa mga magulang niya - ang pag-iingat sa ari-arian ng asawa - ang pagsustento sa mga anak).

Kapag nakatagpo ang asawa mula sa maybahay niya ng anumang kinasusuklaman niya, tunay na siya ay:

(magdidiborsiyo rito - mananakit dito - gagawa ng maganda rito).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Kinakailangan ang pagtalima sa asawa sa bawat ipinag-uutos niya.

Ang pagsustento ay kinakailangan sa ina para sa mga anak niya.

PANUTO 3: Magpaliwanag ka ng ipinahihiwatig ng bawat teksto mula sa sumunod:

1 - (وَ أَتُوا النِّسَاءَ صَدُقَاتِهِنَّ نِحْلَةً) 2 - (لِيُنْفِقَ ذُو سَعَةٍ مِّنْ سَعَتِهِ)

1. {Magbigay kayo sa mga babae ng mga bigay-kaya sa kanila bilang tungkuling regalo,}

2. {Gumugol ang may kaluwagan mula sa kaluwagan niya.}

PANUTO 4: Magbigay-linaw ka sa konsepto ng karapatan sa pag-aaruga sa Islām.

Ang Ikawalong Aralin: Ang mga Patakaran ng Diborsiyo

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-kahulugan ka sa diborsiyo;

makapaglinaw ka ng kasanhian sa pagkaisinasabatas ng diborsiyo;

makapagpaliwanag ka sa patakaran ng diborsiyo;

makatalos ka ng kaibahan sa pagitan ng mga uri ng diborsiyo;

makapagbigay-babala ka laban sa nagbabalewala sa nauukol sa diborsiyo.

Ang Pagbibigay-kahulugan sa Diborsiyo: Ang diborsiyo ay ang pag-aalis ng bigkis ng kasal o bahagi nito sa pamamagitan ng pagiging ang diborsiyo ay mababawi.

Ang Kasanhian ng Pagkaisinasabatas ng Diborsiyo:

Nagmalasakit ang Sharī`ah sa pangangalaga sa bigkis ng pagkamay-asawa. Nagpabatid ang

Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang demonyo ay: {... **nagpapadala ng mga pulutong niya, saka ang pinakamalapit sa kanila sa kanya sa katayuan ay ang pinakamabigat sa kanila sa ligalig. Dumarating ang isa sa kanila saka nagsasabi ito: "Gumawa ako ng ganito at ganito." Kaya nagsasabi siya: "Hindi ka gumawa ng anuman." Pagkatapos dumarating ang isa sa kanila saka nagsasabi ito: "Hindi ako umiwan sa kanya hanggang sa nagpahiwalay ako sa kanya at maybahay niya." Magpapalapit siya nito sa kanya at magsasabi siya: "Kay inam ka!"**} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2813.)

Nagpahiwatig sa mga katiwalaan ng diborsiyo ang pag-udyok ng demonyo sa pagpapabagsak sa mga anak ni Adan sa diborsiyo. Ang batayang panuntunan ay ang pangangalaga sa bigkis ng pagkamay-asawa at ang paglunas sa mga suliranin sa pamamagitan ng karunungan. Kaya kapag hindi nagpakinabang iyon, at ang mga katiwalian ng pananatili ng kasal ay higit na mabigat kaysa sa mga kapakanan nito, isinasabatas ang diborsiyo.

Ang Patakaran ng Diborsiyo

Ito ay magiging pinapayagan kapag nangailangan nito ang asawa dahil sa kasagwaan ng asal ng babae at pagkapinsala dahil dito.

Ito ay magiging kinasusuklaman kapag hindi dahil sa isang pangangailangan dahil sa ang kalagayan naman ng mag-asawa ay matuwid.

Ito ay magiging bawal sa oras ng regla o nifās o sa kawalang-regla at kinatalik niya ang babae o kapag nagdiborsiyo siya sa babae nang tatlong ulit sa isang pagbigkas.

Ito ay magiging itinuturing na kaibig-ibig sa sandali ng hidwaan sa pagitan ng mag-asawa at sa sandali ng pagkasuklam ng babae sa lalaki.

Ito ay magiging kinakailangan gaya ng kung sakaling nasadlak ang babae sa pangangalunya at hindi nagbalik-loob.

Ang mga Uri ng Diborsiyo

Ang diborsiyo ay may sarisaring uri, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang Diborsiyong Pambalikan at ang Diborsiyong Naghihiwalay

Ang diborsiyong pambalikan ay ang diborsiyo na pinapayagan dito na makipagbalikan ang asawa sa maybahay nito at ito sa panahon ng `iddah matapos ng una o ikalawang diborsiyo, nang walang panibagong pagdaraos ng kasal at panibagong dote.

Ang diborsiyong naghihiwalay ay dalawang bahagi:

Diborsiyong naghihiwalay nang paghihiwalay na maliit: magdiborsiyo ang lalaki ng maybahay niya nang unang diborsiyo o ikalawang diborsiyo at hahayaan niya ito hanggang sa nagwakas ang `iddah nito, kaya naman hindi ukol sa kanya na makipagbalikan dito malibang may pagkalugod niya, panibagong pagdaraos ng kasal, at panibagong dote.

Diborsiyong naghihiwalay nang paghihiwalay na maliit: ang diborsiyo na matapos ng ikalawang diborsiyo at hindi na pinapayagan dito para sa babae na bumalik sa asawa niya malibang matapos magpakasal sa ibang lalaki. Nagsabi si Allāh:

(فَإِنْ طَلَّقَهَا فَلَا تَحِلُّ لَهُ مِنْ بَعْدُ حَتَّى تَنْكِحَ زَوْجًا غَيْرَهُ)

{Kung nagdiborsiyo siya rito [sa ikatlong pagkakataon] ay hindi na ito ipinahihintulot sa kanya matapos na niyan hanggang sa makapag-asawa ito ng isang asawang iba pa sa kanya.}
(Qur'ān 2:230)

Ang Diborsiyong Ipinatupad at ang Diborsiyong Isinalalay

Ang diborsiyong ipinatupad ay ang ipinandiborsiyo sa maybahay kaagad-agad gaya

ng pagsabi ng asawa sa maybahay: "Ikaw ay diborsiyada."

Ang diborsiyong isinalalay ay ang pagsalalay ng pagkaganap ng diborsiyo sa pangyayari ng isang bagay sa hinaharap, gaya ng pagsabi ng asawa sa maybahay: "Kung pumasok ka sa tahanan ni Polano, ikaw ay diborsiyada." Kaya kapag pumasok ang maybahay sa bahay na ito, magaganap ang diborsiyo.

Ang mga Uri ng Diborsiyo

Sa pagsasaalang-alang sa posibilidad ng pagbabalik

naghihiwalay

pambalikan : paghihiwalay na maliit, paghihiwalay na malaki

Sa pagsasaalang-alang sa pagpapaliban sa pagkaganap nito

isinalalay

ipinatupad

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magtatakda ako.

Ayon sa liwanag ng pag-aaral mo, takda mo ang uri ng diborsiyo sa mga sumusunod na kaso:

Ang Usapin Ang Uri ng Diborsiyo

Diniborsiyo ng isang lalaki ang maybahay niya sa unang pagkakataon. Pagkatapos diniborsiyo niya ito sa ikalawang pagkakataon. Pagkatapos diniborsiyo niya ito sa ikatlong pagkakataon.

Nagsabi ang isang lalaki sa maybahay niya: "Kung hindi mo susundin ang utos ko, ikaw ay diborsiyada na."

Nagsabi ang isang lalaki sa maybahay niya: "Ikaw ay diborsiyada na."

Aktibidad 2: Magpapayo ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Hindi namumuhi ang isang lalaking mananampalataya sa isang babaing mananampalataya. Kung nasuklam siya rito ng isang asal, malulugod siya rito sa ibang asal."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1469.)

Ayon sa liwanag ng ḥadīth na ito, magbigay ka ng isang payo sa mga lalaking nag-iisip magdiborsiyo sa sandali ng pangyayari ng alinmang suliranin sa mga maybahay nila.

Aktibidad 3: Makikipagtalakayan ako.

Makikipagtalakayan ka sa kaklase mo kaugnay na paglilinaw sa kahatulan ng diborsiyo sa mga sumusunod na kaso:

Ang Usapin Ang Kahatulan ng Diborsiyo

Nagwawalang-bahala ang maybahay sa dangal niya.

Diniborsiyo niya ang maybahay niya sa sandali ng pagreregla.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Kinakailangan ang diborsiyo kapag nagpumilit ang maybahay sa pagwaksi ng ṣalāh.

Kinasusuklaman ang diborsiyo sa sandali ng nifās. (X)

Pinapayagan para sa lalaki na makipagbalikan sa maybahay niya na diniborsiyo niya ng tatlong ulit. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kapag nasuklam ang babae sa maybahay niya, ang diborsiyo at magiging:

(pinapayagan - itinuturing na kaibig-ibig-kinasusuklaman).

Kapag diniborsiyo ng lalaki ang maybahay niya nang dalawang pagdiborsiyo at natapos naman ang `iddah nito, ang diborsiyo ay magiging:

(pambalikan - naghihiwalay nang paghihiwalay na maliit - naghihiwalay nang paghihiwalay na malaki).

Ang diborsiyong binigkas nang tatlong ulit sa isang pagsasalita:

(pinapayagan - kinasusuklaman - bawal).

PANUTO 3: Linawin mo ang kahatulan ng bisa ng diborsiyo sa dalawang sumusunod na usapin:

Nagsabi ang lalaki sa maybahay niya: "Kung lumabas ka ng bahay, ikaw ay diborsiyada na." Hindi naman lumabas ang maybahay.

Nagsabi ang lalaki sa maybahay niya: "Ikaw ay diborsiyada na."

PANUTO 4: Ano ang kasanhian ng pagkaisinasabatas ng diborsiyo?

Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-linaw ka sa batayang panuntunan sa mga pagkain at mga inumin;

makapag-isa-isa ka ng mga pagkain at mga inuming ipinagbabawal;

makapagpaliwanag ka ng ipinagbabawal mula sa kasuutan at gayak;

makaiwas ka sa ipinagbabawal na mga pagkain, mga inumin, at mga kasuutang ipinagbabawal;

makapagsadamdamin ka sa awa ni Allāh sa mga lingkod Niya.

Lumisan si `Abdurrahmān kasama ng mga kaibigan niya para mangaso. Nakatagpo sila ng isang kuneho kaya pinukol ito ni `Abdurrahmān ng bato. Namatay ito bago niya nakatay. Pinapayagan ba ang pagkain ng kunehong ito? Ito ang liliwanagin ng araling ito.

A. Ang mga Patakaran sa mga Pagkain at mga Inumin

Ang Batayang Panuntunan sa mga Pagkain

Nagpahintulot si Allāh ng lahat ng mga pagkain maliban sa anumang nasaad ang patunay sa pagbabawal dito. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا النَّاسُ كُلُوا مِمَّا فِي الْأَرْضِ حَلَالًا طَيِّبًا)

{O mga tao, kumain kayo mula sa nasa lupa bilang ipinahihintulot na kaaya-aya} (Qur'ān 2:168)

Nagpahintulot si Allāh ng lahat ng mga inumin maliban sa bawat inuming tagapagpalasing o tagapatamlay o tagapinsala. Ang tagapagpalasing ay gaya ng alak, ang tagapatamlay ay ang bawat anumang nagdudulot sa tao ng pananamlay at panghihina tulad ng mga droga, at ang tagapinsala ay tulad ng paninigarilyo.

Ang mga Pagkaing Ipinagbabawal

Ipinagbabawal mula sa mga pagkain ang anumang napagtibay ang pinsala nito sa tao at ang anumang nasaad ang pagbabawal dito sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah. Nagsabi si Allāh:

(حُرِّمَتْ عَلَيْكُمُ الْمَيْتَةُ وَالْدَّمُ وَلَحْمُ الْخِنْزِيرِ وَمَا أَهْلَ لِغَيْرِ اللَّهِ بِهِ وَالْمُنْخَنِقَةُ وَالْمَوْقُوذَةُ وَالْمُتَرَدِّيَةُ وَالنَّطِيحَةُ وَمَا أَكَلَ السَّبُعُ إِلَّا مَا ذَكَّيْتُمْ وَمَا ذُبِحَ عَلَى النُّصُبِ)

{Ipinagbabawal sa inyo ang namatay [bago nakatay], ang dugo, ang laman ng baboy, ang anumang inihandog sa iba pa kay Allāh, ang

nasakal, ang hinambalos, ang nalaglag, ang nasuwag, ang anumang kinainan ng mabangis na hayop maliban sa nakatay ninyo [bago namatay], ang inialay sa mga dambana,} (Qur'ān 5:3)

Ang detalye niyon:

Ang Patay (Maytah). Ito ay ang hayop o ang ibon na hiniwalayan ng buhay nang walang pagkakatatay ayon sa Sharī'ah. Kabilang sa dito:

Ang anumang pinatay sa paraang hindi ayon sa Sharī'ah gaya ng pagpatay sa pamamagitan ng paglapat ng kuryente o paglunod.

Ang anumang namatay nang biglaan nang walang pagkakatatay ayon sa Sharī'ah.

Ang nasakal: ang namatay dahil sa pagkasakal.

Ang hinambalos: ang pinalo ng isang mabigat na bagay gaya bato at tulad nito saka namatay.

Ang nalaglag: ang bumagsak mula sa isang mataas na lugar saka namatay.

Ang nasuwag: ang sinuwag ng isa pang hayop saka namatay.

Ang anumang kinainan ng mabangis na hayop: ang hayop na pinatay ng isang naninilang hayop.

Ang dugong ibinubo: ang dugo na lumalabas mula sa hayop nang malakas sa sandali ng pagkakatatay rito.

Ang baboy: ang lahat ng mga bahagi ng baboy ay ipinagbabawal.

Ang anumang binanggitan ng hindi pangalan ni Allāh sa sandali ng pagkakatatay rito, kabilang sa pangalan ng mga diyos o mga anito o mga taong binabanal o mga nilikha.

Ang alagang asno. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh at ang Sugo Niya ay sumasaway sa inyo laban sa mga laman ng mga alagang asno."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 4119 at Imām Muslim: 1940.)

Ang bawat may pangil kabilang sa mga mabangis na hayop, maging ito man ay hayop na ligaw gaya ng leyon o alagang hayop gaya ng aso.

Ang bawat may kukong pandagit kabilang sa mga ibon, gaya ng lawin at tulad nito, batay sa ḥadīth: **{Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa [pagkain ng] bawat may pangil mula sa mga mabangis na hayop at bawat may kukong pandagit mula sa mga ibon.}** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1934.)

Ang jallālah. Ito ay ang anumang ang pinakamarami sa kumpay nito ay mula sa marumi; ngunit kapag ikinulong ito nang tatlong araw at pinakain ng malinis, pahihintulutan na kainin ito.

Ang anumang ipinag-utos ng Tagapagbatas na patayin niya gaya ng alakdan at anumang sinaway Niya na patayin gaya ng langgam at bubuyog.

Ang Pagpayag sa Pagkain ng mga Ipinagbabawal sa Sandali ng Pagkakailangan

Pinapayagan ang pagkain ng mga pagkain at mga inuming ipinagbabawal na ito sa sandali ng pagkakailangan, gaya ng kung kinatakutan ng isang tao para sa sarili niya ang mamatay sa gutom o sa uhaw. Nagsabi si Allāh:

(فَمَنْ اضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَا إِثْمَ عَلَيْهِ)

{ngunit ang sinumang napilitan nang hindi lumalabag ni lumalampas ay walang kasalanan sa kanya.} (Qur'ān 2:173)

B. Ang mga ipinagbabawal mula sa damit at gayak ay ang sumusunod

Ang mga Kasuutang Naglalantad ng `Awrah

Iyon ay dahilan sa kasikipan ng mga ito o kanipisan ng mga ito o kaiklian ng mga ito. Kaya naman kinakailangan sa lalaki at babae ang

magsuot ng tumatakip sa `awrah (kahubaran) at hindi naglalarawan nito.

Ang Pagpapakawangis ng Kalalakihan sa Kababaihan o ng Kababaihan sa Kalalakihan

Ipinagbabawal sa kalalakihan na magpakawangis sa kababaihan sa mga kasuutan o gayak, gaya ng pagbabawal sa kababaihan na magpakawangis sa kalalakihan sa mga kasuutan.

Ang Pagsusuot ng Kalalakihan ng Sutla at Ginto

Ipinagbabawal sa kalalakihan ang magsuot ng mga kasuutang sutla at ang mag-alahas ng ginto at pinapayagan naman iyon sa kababaihan.

Ang Pagpapalampas sa Bukungbukong ng Kasuutan ng Lalaki

Ipinagbabawal sa lalaki na magsuot ng mga kasuutan higit na mababa sa mga bukungbukong. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bumaba pa sa mga bukungbukong mula sa tapis ay sa Impiyerno."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 5787.)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbabasa ako at maghuhulo ako.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Nagpahintulot para sa inyo ng dalawang patay at dalawang dugo: Ang balang at ang balyena; ang dalawang dugo naman ay ang atay at ang lapay."** Nagsalaysay nito sina Imām Ibnu Mājah: 3314 at Imām Aḥmad: 5723.

Nagpatunay ang ḥadīth sa pagbabawal sa at at pagpapahintulot sa , , , at

Aktibidad 2: #Hahango ako.

Humango ka mula sa mga sumusunod na ḥadīth ng ipinagbabawal isuot o ipanggayak, pagkatapos takdaan mo kung alin sa mga ito ang ipinagbabawal sa kalalakihan, kung alin sa mga ito ang ipinagbabawal sa kababaihan, at kung alin sa mga ito ang ipinagbabawal sa kapwa kalalakihan at kababaihan.

Ang Ḥadīth Ang Ipinagbabawal Isuot Sa Kanino Ipinagbabawal

Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Sumaway sa amin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagsusuot ng manipis na sutla makapal na sutla at pag-upo sa ibabaw nito.}** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 5837.)

Ang Manipis na Sutla Ang Makapal na Sutla
Ang Kalalakihan

Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: **{Isinumpa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang mga nagpapakawangis na mga lalaki sa mga babae at ang mga nagpapakawangis na mga babae sa mga lalaki.}** (Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2785.) Ang Pagpapakawangis ng Kalalakihan sa Kababaihan at ang Pagpapakawangis ng Kababaihan sa Kalalakihan Ang Kalalakihan at ang Kababaihan

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: **"Ang sinumang kumaladkad sa kasuutan niya dala ng pagmamayabang, hindi titingin si Allāh sa kanya sa Araw ng Pagbangon."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3665 at Imām Muslim: 2085.)

Ang Pagpapalampas sa Bukungbukong Ang Kalalakihan

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Pinapayagan ang pagkain ng bawat anumang sinaway ang Muslim laban sa pagpatay nito. (X)

Ang nalaglag ay ang namatay dahilan sa pagkalaglag nito mula sa isang mataas na lugar.
(✓)

Ang nasakal ay ang patay na hayop na namatay resulta ng pamamalo. (X)

Ipinagbabawal ang pagkain ng alagang asno.
(✓)

Ipinahihintulot ang pagkain ng lawin. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga Pagkaing Ipinagbabawal

(ang anumang pinatay sa pamamagitan ng paglapat ng kuryente - ang pagkain ng mga Hudyo at mga Kristiyano - ang ligaw na asno).

Ang pagsusuot ng babae ng ginto ay:

(itinuturing na kaibig-ibig - pinapayagan - bawal).

Ang kahatulan sa pagsusuot ng nakatatakip ng `awrah ay:

(ang pagkakinakailangan - ang pagtuturing na kaibig-ibig - ang pagpapahintulot).

Ang kahatulan sa pagpapalampas ng kalalakihan ng kasuutan sa bukungbukong ay:

(ang pagbabawal - ang pagkasuklam - ang pagpapahintulot).

Pinahihintulutan ang pagkain ng jallālah kapag kumain ito ng malinis sa loob ng yugtong:

(kalahating araw - isang araw at isang gabi - tatlong araw).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Takdaan mo ang ipinagbabawal na kasuutan at gayak sa kalalakihan.

Magbigay-linaw ka sa pahayag na: "Ang batayang panuntunan sa mga pagkain at mga inumin ay ang pagpapahintulot."

Ang Ikasampung Aralin: Ang mga Tagapagpalasing at ang mga Droga

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng kahatulan sa mga tagapagpalasing at mga droga;

makapag-isa-isa ka ng mga masagwang epekto ng mga tagapagpalasing at mga droga;

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng mga tagapagpalasing at mga droga sa lipunan;

makaiwas ka sa mga tagapagpalasing at mga droga.

Pagpapaumpisa

Nagbiyaya si Allāh sa mga lingkod Niya dahil sa pagpapahintulot ng lahat ng mga inumin maliban sa anumang nagpahiwatig ang patunay sa pagbabawal nito. Kabilang doon ang bawat inuming karima-rimarim o may kapinsalaan sa tao gaya ng mga tagapagpalasing at mga droga.

Nagsabi si Ummu Salamah (malugod si Allāh sa kanya): **{Sumaway ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa bawat tagapagpalasing at tagapatamlay.}** (Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 26634 at Imām Abū Dāwud: 3686.)

Ang tagapagpalasing ay gaya ng alak, ang tagapatamlay ay ang bawat anumang nagdudulot sa tao ng pananamlay at panghihina tulad ng mga droga.

Heto ang detalye ng mga inuming ipinagbabawal:

Ang pag-inom ng Alak (Tagapagpalasing)

Ang alak ay ang pinakamatindi sa mga inumin sa pagbabawal. Sumaklaw ito sa bawat anumang nagpapalaho ng isip at nakaaapekto rito, maging ito man ay nakikilala sa matandang pangalan nito

gaya ng alak o sa isang bagong pangalan gaya ng mga inuming alkoholiko. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِنَّمَا الْخَمْرُ وَالْمَيْسِرُ وَالْأَنصَابُ وَالْأَزْلُمُ
رَجَسٌ مِّنْ عَمَلِ الشَّيْطَانِ فَاجْتَنِبُوهُ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ)

{0 mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang [pag-aalay sa] mga dambana, at [ang pagsasapalaran gamit] ang mga tagdan ng palaso ay kasalaulaan lamang kabilang sa gawain ng demonyo, kaya umiwas kayo rito,} (Qur'ān 5:90)

Ipinagbawal nga ni Allāh ang alak dahil ito ay nag-aalis ng isip. Nagreresulta sa pag-inom nito ang mga katiwalian sa individuwal at lipunan, maging ito man ay sa Relihiyon o sarili o dangal o isip o ari-arian.

Kaya naman ang bawat tagapagpalasing ay bawal, maging ito man ay kaunti o marami, gaano man nagpakarami ang mga anyo nito at mga kulay nito at gaano man gumawa para rito ang mga tao ng mga pangalan at mga taguri.

Ang mga Droga

Ang mga ito ay nakaaapekto sa isip at mga pandama at maaaring magbigay ng kalanguan at kagalakan gaya ng mga tagapagpalasing.

Ang mga droga ay ipinagbabawal, maging ito man ay kaunti o marami at maging ito man ay halaman gaya ng hashish at opyo o mga gamot na ginawa gaya ng mga tabletas at iniksiyon (morphine, heroine, at cocaine).

Ang mga droga ay ipinagbabawal dahil ang mga ito ay mga karima-rimarim at nakikipagsalungatan sa mga pakay ng Islāmikong Batas. Nagsabi si Allāh: **{nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim,}** (Qur'ān 7:157)

at dahil ang mga ito ay nakikiwangis sa alak sa pagpapalaho ng isip at pag-apekto rito. Magkaminsan ang kapinsalaan ng mga ito ay higit na matindi kaysa sa tagapagpalasing dahil ang mga ito ay nagdadahilan ng pagkasugapa at humihirap ang makawala sa mga ito.

Ang mga Masagwang Epekto ng mga Tagapagpalasing at mga Droga

Ang paglaho ng isip na inireresulta rito ang pagbabanta sa mga individuwal at mga lipunan.

Mga katiwalian sa limang pagkakailangan na ipinag-utos ng Batas ng Islām na pangalagaan. Ang mga tagapagpalasing ay katiwalian sa Relihiyon, sarili, supling, isip, at ari-arian.

Nagdadahilan ang mga ito ng maraming suliraning pangkalusugan, tulad ng paghina ng

memorya, karamdaman ng respiratory system at panghihina ng mga immune system sa katawan.

Ang pagwawaldas ng salapi at paggugol nito sa ipinagbawal ni Allāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Hahango ako ng patunay.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (s): **"Walang pinsala at walang pamiminsala."** (Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 2340.)

Linawin mo ang pamamaraan ng paghango ng patunay sa ḥadīth sa pagbabawal sa mga tagapagpalasing at mga droga.

Aktibidad 2: Magpapayo ako.

Magbigay ka ng isang payo sa mga gumagamit ng mga droga sa kundisyon na maglaman ang payo ng kahatulan sa mga droga at ng pinsala nito sa individuwal at lipunan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang bawat inumang karima-rimarim ay bawal.

Ipinahihintulot ang mga droga kapag ang paggamit ay kaunti.

Ipinagbabawal ang pag-inom ng anumang nagdadahilan ng panghihina.

Ang mga droga ay nagbabanta sa katiwasayan ng lipunan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ipinagbabawal ang pag-inom ng bawat tagapagpalasing, na nag-aalis ng:

(isip - mga pandama - ari-arian).

Nasaad ang tahasang pagpapahayag sa Marangal na Qur'ān ng pagbabawal sa:

(alak - mga droga - tagapatamlay)

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Bakit ipinagbabawal ng Islām ang mga droga at ang mga tagapagpalasing?

Magpaliwanag ka ng tatlong epekto ng mga tagapagpalasing at mga droga sa individuwal at lipunan.

Ang Larangan ng Pag-aanyaya

Ang Unang Aralin: Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya at ang Kainaman Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng konsepto ng pag-aanyaya tungo kay Allāh;

makapaglinaw ka ng kahalagahan ng pag-aanyaya tungo kay Allāh;

makapagbigay-patunay ka sa kainaman ng pag-aanyaya tungo kay Allāh;

makapagdakila ka kahalagahan ng pag-aanyaya tungo kay Allāh;

makapagpaabot ng kainaman ng pag-aanyaya tungo kay Allāh sa sinumang nasa paligid mo.

Pagpapaumpisa

Sa opinyon mo, ano ang mangyayari kung sakaling hindi nagkaroon ng mga tagapag-anyaya tungo kay Allāh, na nagpapaabot ng Batas ng Islām.

Ang Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang Konsepto Nito

Ang Kahalagahan Nito

Ang Kainaman Nito

Ang pag-aanyaya ay misyon ng mga sugo at mga propeta.

Ang tagapag-anyaya ay ang pinakamaganda sa mga tao sa pananalita.

Ang pag-aanyaya ay landas ng pagtamo at tagumpay.

Ang bigat ng pabuya sa tagapag-anyaya.

Ang pag-aanyaya ay isang kadahilanan ng kaligtasan mula sa kapahamakan.

A. Ang Konsepto ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay ang pagpapaabot ng Islām sa mga tao kalakip ng nilaman nito na paniniwala, batas, at etika.

B. Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang katayuan ng pag-aanyaya ay dakila sa Islām. Lumilitaw iyon sa sumusunod:

Ang pag-aanyaya ay ang pundasyon ng paglaganap ng Islām hanggang sa ang bilang ng mga Muslim sa ngayon ay naging higit sa isa't kalahating bilyon.

Sa pamamagitan ng pag-aanyaya, sinasamba si Allāh – tanging Siya – at napapatnubayan ang mga tao sapagkat natututunan nila ang mga nauukol sa Relihiyon nila na paniniwala sa kaisahan ng Panginoon nila, pagsamba sa Kanya, at pagkaalam ng ipinahihintulot at ipinagbabawal.

Sa pamamagitan ng pag-aanyaya, natutuwid ang mga transaksiyon ng mga tao na pagbebenta, pagbili, pag-aasawa, at iba pa roon.

Sa pamamagitan ng pag-aanyaya, umaayos ang mga kalagayang panlipunan at pampamilya ng mga tao.

Sa pamamagitan ng pag-aanyaya, nagpapakabuti ang mga kaasalan ng mga tao, kumakaunti ang mga salungatan nila, at naglalaho ang mga hinanakit nila at mga sama ng loob nila.

C. Ang Kainaman ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang pag-aanyaya ay misyon ng mga sugo at mga propeta.

Ang pag-aanyaya ay misyon ng mga propeta, mga isinugo, mga maalam, at mga tagapagsaayos. Nagsabi si Allāh:

(وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا
الطُّغُوتَ)

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos."} (Qur'ān 16:36)

Ang tagapag-anyaya ay ang pinakamaganda sa mga tao sa pananalita.

Ang tagapag-anyaya ay ang pinakamaganda sa mga tao sa pananalita. Nagsabi si Allāh:

(وَمَنْ أَحْسَنُ قَوْلًا مِّمَّنْ دَعَا إِلَى اللَّهِ وَعَمِلَ صَالِحًا وَقَالَ إِنَّنِي مِنَ الْمُسْلِمِينَ)

{Sino pa ang higit na maganda sa sinasabi kaysa sa sinumang nag-anyaya tungo kay Allāh, gumawa ng maayos, at nagsabi: "Tunay na ako ay kabilang sa mga tagapagpasakop."} (Qur'ān 41:33)

Ang pag-aanyaya ay landas ng pagtamo at tagumpay.

Ang pag-aanyaya ay landas ng pagtamo at tagumpay sa Kabilang-buhay. Nagsabi si Allāh:

(وَلْتَكُنْ مِنْكُمْ أُمَّةٌ يَدْعُونَ إِلَى الْخَيْرِ وَيَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ)

{Maging mayroon sa inyo na isang kalipunang nag-aanyaya tungo sa mabuti, nag-uutos sa nakabubuti, at sumasaway sa nakasasama. Ang mga iyon ay ang mga matagumpay.} (Qur'ān 3:104)

Ang bigat ng pabuya sa tagapag-anyaya.

Ang tagapag-anyaya tungo kay Allāh ay magkakaroon ng pabuya tulad ng mga pabuya ng mga sumunod sa kanya sa kabutihan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay ay magkakaroon siya ng pabuya na tulad ng mga pabuya ng mga sumunod sa kanya, na hindi nakababawas iyon mula sa mga pabuya nila ng anuman; ..."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2674.)

Ang pag-aanyaya ay isang kadahilanan ng kaligtasan mula sa kapahamakan.

Kapag nagsagawa ang mga tagapag-anyaya ng papel nila sa pagsasaayos, pagpapaabot ng Relihiyon, at pag-uutos ng nakabubuti at

pagsaway sa nakasasama, tunay na si Allāh ay mangangalaga sa mga lipunan nila laban sa kapahamakan at kaparusahan, sa Mundo. Nagsabi si Allāh:

(فَلَوْلَا كَانَ مِنَ الْقُرُونِ مِنْ قَبْلِكُمْ أُولُوا بَقِيَّةٍ يَنْهَوْنَ عَنِ الْفَسَادِ
فِي الْأَرْضِ إِلَّا قَلِيلًا مِمَّنْ أَنْجَيْنَا مِنْهُمْ وَاتَّبَعَ الَّذِينَ ظَلَمُوا مَا
أُتِرُوا فِيهِ وَكَانُوا مُجْرِمِينَ)

{Kaya bakit kasi hindi nagkaroon mula sa mga salinlahi bago pa ninyo ng mga may tirang [kabutihang] sumasaway sa kaguluhan sa lupa, maliban sa kaunti kabilang sa pinaligtas Namin kabilang sa kanila? Sumunod ang mga lumabag sa katarungan sa ipinariwasa sa kanila roon, at sila ay naging mga salarin.} (Qur'ān 11:116)

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay maraming kainaman – na iba pa sa binanggit – na gumagawa sa Muslim na maging masigasig sa pag-aanyaya sa mga tao tungo kay Allāh at pagpatnubay sa kanila tungo sa daan Niyang tuwid.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at tutugon ako.

Sa pag-alalay sa mga kaklase mo, ipaliwanag mo ang mga kainaman ng pag-aanyaya na ipinahihiwatig ng mga sumusunod na teksto:

Ang Teksto Ang mga Kainaman ng Pag-aanyaya

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(وَالْعَصْرِ ١ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ ٢ إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَّصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَّصَوْا بِالصَّبْرِ ٣)

{1. Sumpa man sa panahon,

2. tunay na ang tao ay talagang nasa isang pagkalugi,

3. maliban sa mga sumampalataya, gumawa ng mga maayos, nagtagubilinan ng katotohanan, at nagtagubilinan ng pagtitiis.} (Qur'ān 103:1-3)

Nagsabi ang Propeta (s): "... **sapagkat sumpa man kay Allāh, ang mapatnubayan dahil sa iyo ang iisang lalaki ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa mga pula ng mga kamelyo.**" Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2685.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Tunay na si Allāh, ang mga anghel niya, ang mga naninirahan sa mga langit at lupa, pati na ang langgam sa lungga nito, at pati na ang isda ay talagang nagdarasal para sa mga tagapagturo sa mga tao ng kabutihan."** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2685.

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at magmumungkahi ako.

Makikipagtalakayan ka sa mga kaklase mo kaugnay sa pagmungkahi ng mga kaparaanan para sa pagpapaibig sa mga tao sa pagpapahalaga sa pag-aanyaya tungo kay Allāh.

Aktibidad 3: Manonood ako at tutugon ako.

Manood ka ng video clip na ito, pagkatapos magpaliwanag ka ng pinakamahalaga sa nahihinuha mula rito sa pag-aanyaya tungo kay Allāh.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay ang pundasyon ng paglaganap ng Islām.

Natatangi ang pag-aanyaya sa mga nauukol sa mga pagsamba. (X)

Nag-iibayo ang gantimpala sa tagapag-anyaya tungo kay Allāh.

Ang mga tagapag-anyaya ay tumatahak sa daan ng mga propeta.

Ang pagsasaayos sa lipunan ay natatangi sa mga pulitiko. (X)

PANUTO: Tumugon ka ayon sa hinihiling sa pagitan ng mga panaklong.

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay ang pinakadakila sa mga tungkulin ng mga isinugo. (Bigyang-linaw mo ang pahayag.)

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay isang kadahilanan ng tagumpay sa Mundo at Kabilang-buhay. (Humango ka ng patunay sa pamamagitan ng isang tekstong isiniwalat.)

Iniingatan ni Allāh ang mga lipunan na sumisigla sa mga ito ang pag-aanyaya tungo sa Kanya. (Magbigay-katwiran ka.)

Ang Ikalawang Aralin: Ang Buod ng Pag-anyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Makkah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsubaybay ka sa mga baytang ng pagsulong ng pag-aanyaya tungo sa Islām sa Makkah Mukarramah;

makapagpaliwanag ka sa saloobin ng mga tagapagtambal sa pag-aanyaya;

makapaghulo ka ng metodolohiya ng pag-aanyayang pang-Islām sa Makkah;

makapag-isa-isa ka sa pinakamahalaga sa mga katangian na nararapat taglayin ng tagapag-anyaya;

makapagbigay-halaga ka sa katatagan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at pagtitiis nila.

makapanatili ka sa metodolohiya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga kaasalan niya sa pag-aanyaya tungo kay Allāh.

Sa gitna niyaong katiwaliang panrelihiyon, kawalang-katarungang panlipunan, at pagkakawatak-watak na pampulitika sa mga Arabe, ipinadala ni Allāh ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang magpalabas sa mga tao mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Sa araling ito, mamumuhay tayo kasama ng isang buod ng pag-aanyaya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Makkah.

Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Makkah

1. Ang mga Panimula ng Pag-aanyaya at ang Simula Nito

2. Ang Palihim na Pag-aanyaya

3. Ang Paghahayag ng Pag-aanyaya

4. Ang Saloobin ng mga Tagapagtambal sa Pag-aanyaya

5. Ang Saloobin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pamemerhuwisyo ng mga Tagapagtambal

6. Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Ṭā'if

7. Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Madīnah

8. Ang Paglikas sa Madīnah

Ang mga Panimula ng Pag-aanyaya at ang Simula Nito

Napatanyag ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkabata niya at pagbibinata niya sa kagandahan ng kaasalan. Kasabay ng paglapit niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa edad na apatnapu, siya ay naging nagbubukod ng sarili niya sa Yungib ng Ḥirā'

upang magpakamananamba, magbulay-bulay, at mag-isip-isip. Sa edad na apatnapu at habang siya ay nagpapakamananamba, pinarangalan siya ni Allāh ng pagkapropeta sapagkat bumaba sa kanya si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) kalakip ng unang limang āyah ng Sūrah Al-`Alaq.

Ang Palihim na Pag-aanyaya

Nagsimula ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya sa mga tao. Ang metodo niya noon ay palihim at pang-individuwal. Sumaklaw ang pag-aanyaya sa yugtong ito sa pagtutumpak ng paniniwala, pag-aanyaya sa mga tao tungo sa Islām, at pagkakailangan ng pagtitiis sa pamemerhuwiso ng mga tagapagtambal. Kabilang sa mga kauna-unahan sa mga Muslim ang maybahay niyang si Khadījah (malugod si Allāh sa kanya), ang anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Alīy bin Abī Ṭālib, ang kaibigan niyang si Abū Bakr, at ang alila niyang si Zayd bin Ḥārithah (malugod si Allāh sa kanila).

Ang Paghahayag ng Pag-aanyaya

Matapos ng paglipas ng tatlong taon, naghayag ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pag-aanyaya yayamang umakyat siya sa burol ng Ṣafā at nanawagan sa liping Quraysh sa kabuuan nila. Nag-anyaya siya sa kanila tungo sa Islām ngunit nagpasinungaling sa kanya ang tiyuhin sa ama niya na si Abū Lahab at

mga pinuno ng Quraysh subalit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nawalan ng pag-asa at nagpatuloy siya sa pag-aanyaya niya.

Ang Saloobin ng mga Tagapagtambal sa Pag-aanyaya

Nagtangka ang mga pinuno ng Quraysh na pigilan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapatuloy sa pag-aanyaya, sa pamamagitan ng isang bilang ng mga kaparaanan, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang paghiling nila sa tiyuhin sa ama niya na si Abū Ṭālib na pigilan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya subalit siya ay nagpumilit sa pagpapatuloy nito.

Ang panunuya at ang pagmamaliit sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagpukol sa kanya ng mga bulaang paratang gaya ng kabaliwan, panggagaway, at kasinungalingan.

Ang pagdudulot ng pisikal na pagdurusang sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) lalo na sa mga mahina at mga alipin, tulad nina Bilāl bin Rabāḥ, Khabbāb bin Al-Aratt, at `Ammār bin Yāsir (malugod si Allāh sa kanila).

Ang pagkubkob sa mga kamag-anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan),

na sumusuporta sa kanya kabilang sa angkan ng Hāshim. Ang mga tagatangging sumampalataya ng liping Quraysh ay hindi nagbebenta sa angkan ng Hāshim at hindi bumibili sa kanila, hindi nag-aasawa mula sa kanila at hindi nakikihalubilo sa kanila, atbp... Nagpatuloy ang pagkubkob na ito nang tatlong taon, pagkatapos inalis ang pagkubkob dahilan sa pagtutol ng ilan sa mga pinuno ng mga lipi sa boykoteong iyon.

Ang Saloobin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pamemerhuwiso ng mga Tagapagtambal

Nagpakatatag ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) sa Relihiyon ni Allāh at sumunod sila sa utos ni Allāh na magtiis.

Nagsigasig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magtagpo sa tahanan ni Al-Arqam bin Abī Al-Arqam (malugod si Allāh sa kanya) malayo sa mga mata ng Quraysh.

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya na mga minamahina na lumikas sa Etyopya noong ikalimang taon ng pagkapropeta, matapos na nakita niya ang tindi ng pagdudulot ng pagdurusa ng mga tagapagtambal sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila). Nagtangka nga ang

liping Quraysh na pabalikin sila sa Makkah subalit ito ay nabigo roon.

Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Ṭā'if

Nakilala ang ikasampung taon ng pagkapropeta bilang taon ng kalungkutan sapagkat dito pinapanaw si Khadījah, ang maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at namatay ang tiyuhin sa ama niya na si Abū Ṭālib kaya nangahas ang liping Quraysh sa pamemerhuwisyo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sa taon na ito, nagpasya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mag-anyaya sa mga mamamayan ng Ṭāif subalit ang mga mamamayan nito ay hindi tumugon sa kanya at namerhuwisyo sa kanya. Dahil sa mga kasawiangpalad na iyon, nagtaguri ang mga maalam sa taon na ito bilang Taon ng Kalungkutan.

Nagnais si Allāh na magparangal sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan), mag-aliw sa mga kalungkutan niya, at magpalakas-loob sa kanya sa pagpapatuloy ng pag-aanyaya kaya humirang Siya rito para sa paglalakbay ng Isrā' at Mi'rāj. Ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Madīnah sa Panahon ng Ḥajj

Nagpahalaga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya sa mga delegado sa Makkah, lalo na sa panahon ng hajj. Noong ikalabing-isang taon ng pagkapropeta, nag-anyaya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa anim sa mga kabataan ng Madīnah Munawwarah, saka umanib sila sa Islām at bumalik sa Madīnah, na nag-aanyaya sa mga mamamayan nito tungo sa Islām.

Noong ikalabindalawang taon ng pagkapropeta, nangako ng katapatan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang 12 lalaki. Ito ang Unang Pangako ng Katapatan sa `Aqabah.

Noong ikalabintatlong taon ng pagkapropeta, nangako ng katapatan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang 73 lalaki at dalawang babae. Nangako sila na magsanggalang sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mag-adya sa kanila kapag lumikas siya sa Madīnah Munawwarah. Ito ang Ikalawang Pangako ng Katapatan sa `Aqabah.

Ang Paglikas sa Madīnah

Matapos ng Ikalawang Pangako ng Katapatan sa `Aqabah, nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) na lumikas sa Madīnah, kaya lumikas naman sila bilang

pagsunod. Noong nagpahintulot si Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) na lumikas, pumunta ito kay Abū Bakr (malugod si Allāh dito) at nagpabatid ito roon na silang dalawa ay lilikas nang magkasama. Naghanda ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang matatag na plano para sa paglisan upang maligtas mula sa karahasan ng Quraysh. Nanatili silang dalawa sa yungib ng Thawr nang tatlong araw nang sa gayon makakubli silang dalawa sa mga paningin ng liping Quraysh. Pagkatapos lumisan silang dalawa mula sa yungib papunta sa Madīnah sa daan na hindi kilala. Gumagabay sa kanilang dalawa ang isang lalaking tagapagtambal na tinatawag na `Abdullāh bin Urayqīṭ. Dumating sila matapos ng walong araw. Kaya malugod na sinalubong silang dalawa ng mga mamamayan ng Madīnah sa isang pagsalubong na puno ng mga tumatanggap na mga nagagalak sa pagdating ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at Kasamahan niyang si Abū Bakr (malugod si Allāh dito).

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at maghuhulo ako.

Sa pamamagitan ng napag-aralan mo, makilahok ka sa mga kaklase mo sa paglilinaw sa sumusunod:

Kailan maglilihim ang tagapag-anyaya ng pag-aanyaya niya? Kailan siya maghahayag nito?

Ano ang kahalagahan ng pagpapalano sa tagumpay ng pag-aanyaya tungo kay Allāh?

Aktibidad 2: Magbibigay ako ng mensahe.

Ang pagtitiis at ang pagpupumilit ay kabilang sa mga katangian na kinakailangan na taglayin ng mga tagapag-anyaya tungo kay Allāh. Ayon sa liwanag niyon:

Magbigay-katwiran ka sa katumpakan ng pahayag na ito sa pamamagitan ng pag-aaral mo.

Magbigay ka ng mensahe sa mga tagapag-anyaya na umiiwan sa tungkulin ng pag-aanyaya kasabay ng unang pagsubok na bumababa sa kanila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Nagsimula ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya sa mga tao sa isang paraang pampangkat. (x)

Nagparangal si Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paglalakbay ng Isrā' at Mi`rāj.

Humarap ang mga tagapagtambal sa pag-aanyaya ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan at pakikipagdayalogo. (X)

Nagpagaan ang paglikas sa Etyopya sa pahirap sa mga Muslim na minamahina.

Ang pagpaplano at ang pagtitiis ay kabilang sa mga pundasyon ng tagumpay ng pag-aanyaya tungo kay Allāh.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang kadahilanan ng paglisan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa pag-aanyaya sa mga mamamayan ng Ṭāif ay dahil:

(ang mga mamamayan ng Ṭāif ay higit na mainam kaysa sa mga mamamayan ng Makkah - ang pagmamatigas ng mga mamamayan ng Makkah - ang pagkamapagbigay ng mga mamamayan ng Ṭāif).

Kabilang sa mga pangyayari na nagpaumpisa sa paglikas sa Madīnah Munawwarah:

(ang dalawang pangako ng katapatan sa `Aqabah - ang paglalakbay sa Ṭāif - ang Isrā' at ang Mi`rāj).

Kabilang sa mga nauna sa Islām:

(si Bilāl bin Rabāḥ (malugod si Allāh sa kanya)
- si Khālīd bin Al-Walīd (malugod si Allāh sa kanya) - Mu`āwiyah bin Abī Sufyān (malugod si Allāh sa kanya)).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Humango ka ng tatlong katuturan mula sa mga pangyayari sa talambuhay na nasaad sa aralin.

Ipaliwanag mo ang mga kadahilanan ng tagumpay ng paglikas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah.

Bakit tinawag ang ikasampung taon ng pagkapropeta bilang Taon ng Kalungkutan?

Ang Ikatlong Aralin: Ang Buod ng Pagganyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Madīnah

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ng mga pundasyon ng pagtatayo ng Estado sa Madīnah Munawwarah;

makapag-isa-isa ka pinakamahalaga sa mga pagsalakay sa panahon ng Madīnah;

makapaghambing ka sa pagitan ng metodong pampag-aanyaya sa Makkah at Madīnah;

makapagdakila ka sa halaga ng pakikibaka ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga marangal na Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila);

makapagbuod ka ng pinakamahalaga sa nasaad sa Hajj ng Pamamaalam.

Napag-aralan natin sa nakaraan ang mga tampok na katangian ng pag-aanyaya sa panahon ng Makkah. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang mga tampok na katangian ng pag-aanyaya sa panahon ng Madīnah. Iyon ay sa pamamagitan ng mga sumusunod na punto:

Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Madīnah

1. Ang Papel ng Masjid sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

2. Ang Paggawa Para sa Katatagan ng Kapaligiran ng Pag-aanyaya

3. Ang Papel ng mga Paghaharap na Pangmilitar sa Pagsasanggalang sa Pag-aanyaya

4. Ang Pagpapalaganap ng Pag-aanyaya Matapos ng Tagumpay ng Paghaharap na Pangmilitar

5. Ang Pagpanaw ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang Papel ng Masjid sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Pumasok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah Munawwarah noong buwan ng Rabi'ul'awwal. Ang kauna-unahang sinimulan niya ay ang pagpapatayo ng Pampropetang Masjid. Iyon ay dahil sa kahalagahan ng masjid sa buhay ng mga Muslim sapagkat ang masjid ay hindi naging isang lugar ng pagganap ng ṣalāh lamang; bagkus ito ay isang paaralang pampanginoon na natuto at nadulutan ng edukasyon dito ang pinakamainam na henerasyon sa pagsulong ng kasaysayan. Ang masjid ay isang punong-tanggapan ng paghuhukom at pagpapayapa sa pagitan ng mga tao, ng sanggunian sa mga kapakanang pampubliko, ng malugod na pagsalubong sa mga delegasyon, at ng pagpapakilos ng mga hukbo para sa pakikibaka sa landas ni Allāh.

Ang Paggawa Para sa Katatagan ng Kapaligiran ng Pag-aanyaya

Gumawa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa katatagan ng Madīnah. Dahil doon, nagsagawa siya ng mga sumusunod na hakbangin:

Nagpayapa siya sa pagitan ng liping Al-Aws at liping Al-Khazraj matapos na nagkaroon sa pagitan ng dalawang ito ng awayan at mga digmaan bago ng Islām, kaya naman nagwakas ang awayan at naghari ang pag-ibig at ang kapatiran ng Islām sa gitna ng dalawang ito.

Nagsakapatiran siya sa pagitan ng mga tagalikas at mga tagaadya, kaya naman ang bawat isa sa kanila ay may mga karapatang tulad ng kapatiran sa kaangkanan at ang kapatiran ng Islām ay naging higit sa kapatiran sa dugo at kaangkanan.

Nakipagkasunduan siya sa mga Hudyo ng Madīnah (angkan ng Qaynuqā', angkan ng An-Naḍīr, at angkan ng Qurayḍah) upang organisahin niya ang ugnayan sa pagitan ng mga Muslim at mga Hudyo, upang mapigil ang kasamaan ng mga ito, at upang magtamasa ang Madīnah ng katiwasayan at kapayapaan at magpakaabala ang mga Muslim sa pag-aanyaya tungo sa Islām.

Ang Papel ng mga Paghaharap na Pangmilitar sa Pagsasanggalang sa Pag-aanyaya

Ang Pinakamahalaga sa mga Digmaan

Nangangailangan ang pag-aanyaya ng isang lakas na magsasanggalang dito. Dahil doon, noong ang mga Muslim ay naging isang lakas sa Madīnah Munawwarah, nagpahintulot si Allāh sa kanila na makipaglaban sa mga kaaway nila. Kabilang sa

pinakamahalaga sa mga labanan at mga paglusob ang sumusunod:

- Ang Digmaan sa Badr
- Ang Digmaan ng Angkan ng Qaynuqā`
- Ang Digmaan sa Uḥud
- Ang Digmaan sa Angkan ng An-Naḍīr
- Ang Digmaan sa Trinsera
- Ang Digmaan sa Angkan ng Qurayḍāh
- Ang Digmaan sa Al-Ḥudaybiyah
- Ang Digmaan sa Khaybar
- Ang Pagsakop sa Makkah
- Ang Digmaan sa Ḥunayn

Noong ika-17 ng buwan ng Ramaḍān ng ika-2 taon ng Hijrah, naganap ang pagsalakay sa Badr. Ito ang kauna-unahan sa mga labanang pinakamalalaki

ng mga Muslim. Nag-adya nga si Allāh dito sa mga Muslim laban sa mga tagatangging sumampalataya ng Quraysh, sa kabila ng kakauntian ng mga Muslim.

Noong buwan ng Shawwāl ng ika-3 taon ng Hijrah, naganap ang pagsalakay sa Uḥud. Nagsimula ang labanan sa pagwawagi ng mga Muslim at nagwakas sa pagkagapi nila. Iyon ay

isang araw na mahirap para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Muslim.

Noong buwan ng Shawwāl ng ika-5 taon ng Hijrah, naganap ang digmaan ng mga lapian. Dito ay nagwagi ang mga Muslim matapos na maghukay sila ng trinsera sa paligid ng Madīnah, pagkatapos nagpadala si Allāh sa mga tagatangging sumampalataya ng isang matinding hangin kaya nagapi ang mga ito at umuwi ang mga ito.

Noong buwan ng Shawwāl ng ika-2 taon ng Hijrah, sinira ng mga Hudyo ng angkan ng Qaynuqā` ang kasunduan kaya naisagawa ang pagpapalayas sa kanila palayo sa Madīnah. Ang pagpapalayas naman sa mga Hudyo ng angkan ng An-Naḍīr ay noong ika-4 taon, matapos na matapos na nag-udyok sila sa Quraysh para makipaglaban sa mga Muslim. Sa katapusan ng ika-5 taon ng Hijrah nangyari ang pakikipaglaban sa Angkan ng Qurayḍah matapos na nakipag-alyansa sila sa mga tagapagtambal sa pagsalakay sa Trinsera.

Noong buwan ng Dhulqa`dah ng ika-6 taon ng Hijrah, naganap ang kasunduang pangkapayapaan ng Al-Ḥudaybiyah kung saan pumunta ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan Niya (malugod si Allāh sa kanila) sa Makkah para sa pagsasagawa ng `umrah. Noong nakarating sila sa rehiyon ng Al-

Ḥudaybīyah, pinigilan sila ng Quraysh; pagkatapos naganap ang kasunduang pangkapayapaan. Kabilang sa itinadhana ng kasunduang pangkapayapaan ang pagtigil ng labanan sa pagitan ng mga Muslim at liping Quraysh sa loob ng sampung taon.

Noong buwan ng Muḥarram ng ika-7 taon ng Hijrah, naganap ang pagsakop sa Khaybar kung saan pumunta ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang disiplinahin ang mga Hudyo na nag-udyok sa mga lipi sa pakikipaglaban sa mga Muslim. Kinubkob sila ng mga Muslim at kinalaban sila hanggang sa sumuko sila.

Noong buwan ng Ramaḍān ng ika-8 taon ng Hijrah, naganap ang pagsakop sa Makkah matapos na sumira ang Quraysh sa kasunduang pangkapayapaan ng Al-Ḥudaybīyah at pumasok ang mga tao, dahilan sa pagsakop na ito, sa Relihiyon ni Allāh nang pulu-pulutong.

Noong buwan ng Shawwāl ng ika-8 taon ng Hijrah, naganap ang digmaan sa Ḥunayn kung saan humarap ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lipi ng Hawāzan at lipi ng Thaqīf sa lambak ng Ḥunayn. Kasama niya ang labindalawang libong Muslim. Nagwagi nga ang mga Muslim at nakasamsam sila ng maraming samsam sa digmaan.

Lumaganap ang pag-aanyaya matapos ng tagumpay ng mga paghaharap na pangmilitar.

Kasabay ng tagumpay ng mga paghaharap na pangmilitar sa mga tagapagtambal at mga Hudyo, nagpahalaga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapalaganap ng pag-aanyaya sa nalalabing bahagi ng Arabya at labas nito. Kabilang doon na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay:

Nakipagsulatan sa mga hari ng mga malaking bansa sa paligid ng Arabya, na nag-aanyaya sa kanila tungo sa Islām yayamang nagpadala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga liham kay Khosrow na hari ng Persiya, kay Kaysar na hari ng Bizancio, kay Negus na hari ng Etyopya, at kay Muqawqis na Dakila ng Ehipto.

Noong nasakop ng mga Muslim ang Makkah, dumating ang mga delegasyon ng mga Arabe, na nagpapahayag ng pag-anib ng mga ito sa Islām noong ika-9 taon ng Hijrah. Ang pinakatanyag sa kanila ay ang mga delegasyon ng Thaqīf, Najrān, mga Ash`arīy, at iba pa.

Nagsagawa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ḥajj ng pamamaalam noong ika-10 taon ng Hijrah. Sa pinagpalang ḥajj na ito, nagturo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao ng mga gawaing-

pagsamba nila. Nagbigay siya sa Araw ng `Arafah ng tanyag na talumpati ng pamamaalam.

Ang Pagpanaw ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Matapos ng mahabang pampag-aanyayang paglalakbay na ito, tumindi ang karamdaman ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nag-utos siya kay Abū Bakr (malugod si Allāh dito) na magsagawa ng ṣalāh bilang imām sa mga Muslim. Sa araw ng Lunes ng ika-12 ng Rabī`ul'awwal ng ika-11 taon ng Hijrah, nangyari ang pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Gantihan siya ni Allāh para sa atin, para sa Islām, at para sa mga Muslim ng pinakamabuting ganti. Basbasan ni Allāh, pangalagaan, at biyayaan siya, ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya, at ang sinumang sumunod sa kanila ayon sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at maghahambing ako.

Sa pamamagitan ng pag-aaral mo, lumahok ka sa mga kaklase mo sa sumusunod (itala mo ang tugon mo sa sumusunod na talahanayan):

Maghambing ka sa pagitan ng metodo ng pag-aanyayang pampropeta sa Makkah at ng metodo nito sa Madīnah Munawwarah.

Maghambing ka sa pagitan ng papel ng Masjid na Pampropeta at ng papel ng mga masjid sa kontemporaryong reyalidad natin.

Sa Makkah - Sa Madīnah

Ang Metodo ng Pag-aanyaya

Ang Pampropetang Masjid - Ang Masjid sa Kasalukuyang Panahon

Ang Papel ng Masjid

Aktibidad 2: Magbubulay-bulay ako at magbubuod ako.

Pagbulay-bulayan mo ang talumpati ng pamamaalam, pagkatapos magbuod ka ng pinakamahalaga sa nasaad dito.

Nagsabi ang Propeta (s): **"Tunay na ang mga buhay ninyo at ang mga ari-arian ninyo ay banal sa inyo gaya ng kabanalan ng araw ninyong ito sa buwan ninyong ito sa bayan ninyong ito. Pansinin, ang bawat bagay na bahagi ng nauukol sa Panahon ng Kamangmangan ay sa ilalim ng mga paa ko pinawalang-saysay. Ang paghihiganti sa mga buhay na kinitil sa Panahon ng Kamangmangan ay pinawalang-saysay. Tunay**

na ang kauna-unahang buhay na kinitil, na magpapawalang-saysay ako sa paghihiganti sa mga buhay na kinitil sa atin ay ang buhay ng anak ni Rabī'ah bin Al-Ḥārith, na isang pinasususong noon sa lipi ng Sa'd ngunit pinatay ito ni Hudhayl. Ang patubo sa Panahon ng Kamangmangan ay pinawalang-saysay. Ang kauna-unahang patubo na magpapawalang-saysay ako sa patubo sa atin ay ang patubo ni `Abbās bin `Abdilmuṭṭalib. Tunay na ito ay pinawalang-saysay sa kabuuan nito. Mangilag kayong magkasala kaugnay sa mga babae... Nag-iwan nga ako sa inyo ng isang hindi kayo maliligaw matapos niyon kung nangunyapit kayo roon: ang Aklat ni Allāh. Kayo ay tatanungin tungkol sa akin kaya kayo ay magsasabi ng ano?" Nagsabi sila: "Sasaksi kami na ikaw ay nagpaabot nga, gumanap nga, at nagpayo nga." Sa pamamagitan ng daliri niyang hintuturo, habang nag-aangat nito sa langit at nagtuturo nito sa mga tao, nagsabi siya ng: "O Allāh, sumaksi Ka; O Allāh, sumaksi Ka!" nang tatlong ulit. (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1218.)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ibinibilang ang kasunduang pangkapayapaan ng Al-Ḥudaybīyah na isang malinaw na pagwagi para sa pag-aanyayang pang-Islām;

Naganap ang pagsalakay sa trinsera noong ika-3 taon ng Hijrah. (X)

Ang tagumpay na pangmilitar ay sinusundan ng isang tagumpay na pampag-aanyaya.

Nagkakahawigan ang pagsakop ng Makkah sa pagsalakay sa Uhud sa epekto ng dalawang pangyayari sa pag-aanyaya. (X)

Ang pagkakaugnay kay Allāh ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng tagapag-anyaya.

PANUTO 2: Pagsunud-sunurin ang mga sumusunod na pagsalakay mula sa pinakauna hanggang sa pinakahuli:

(ang pagsalakay sa Ḥunayn - ang pagsalakay sa Badr - ang pagsalakay sa angkan ng An-Naḍīr - ang pagsalakay sa angkan ng Qaynuqā' - ang pagsalakay sa Khaybar).

PANUTO 3: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng anumang nasa mga ito na mga kamalian.

Nanatili ang awayan sa pagitan ng angkan ng Al-Aws at angkan ng Al-Khazraj hanggang sa

pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Nagpatayo ang mga tagaadya para sa mga tagalikas ng mga pansariling tirahan sa mga gilid ng Madīnah.

Tumupad ang mga Hudyo sa kasunduan nila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

PANUTO 4: Magpaliwanag ka ng mga layon ng bawat isa sa sumusunod:

Ang pakikipagkapatiran ng mga tagalikas at mga tagaadya.

Ang pagsasagawa ng pakikipagkasunduan sa pagitan ng mga Muslim at mga Hudyo sa Madīnah.

Ang Ikaapat na Aralin:

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka sa kahatulan sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapag-isa-isa ka sa mga kainaman ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makahango ka ng patunay sa katayuan ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapagsadamdamin ka sa pagkapanganib ng pagwawaksi sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapag-uutos ka ng nakabubuti at makapagsaway ka sa nakasasama.

Kaawaan siya ni Allah, pagkataas-taas Niya

(كُنْتُمْ خَيْرَ أُمَّةٍ أُخْرِجَتْ لِلنَّاسِ تَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَتَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَتُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ)

{Kayo ay pinakamabuting kalipunang pinalabas para sa mga tao. Nag-uutos kayo ng nakabubuti, sumasaway kayo ng nakasasama, at sumasampalataya kayo kay Allāh.} (Qur'ān 3:110)

Pagbulay-bulayan mo ang marangal na āyah, pagkatapos tumugon ka:

Inangat ni Allāh ang pumapatungkol sa Kalipunan ng Islām at ginawa Niya ito na pinakamabuti sa mga kalipunan dahil ito ay namukod sa iba pa rito na mga kalipunan sa dalawang dakilang bagay. Ano ang dalawang ito?

Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang kaayusan ng mga individuwal at mga lipunan ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga pakay ng Islām. Dahil dito, nagsabatas ang Islām ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama para sa pagsasakatotohanan sa pakay na ito. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga kainaman ng tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama ang sumusunod:

Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

1. Ang Tungkulin ng mga Propeta at mga Sugo
2. Ang Pag-uutos ni Allāh ng Dalawang Ito
3. Ang Bigat ng Pabuya Dahil sa Dalawang Ito
4. Kabilang sa mga Katangian ng mga Mananampalataya
5. Kabilang sa mga Kaparaanan ng Pagbibigay-kapangyarihan sa Kalipunang Islām
6. Ang Isa sa mga Pinto ng Pakikibaka sa Landas ni Allāh
7. Isang Landas ng Kaligtasan at Pagpawi ng Pagdurusa

Ang Tungkulin ng mga Propeta at mga Sugo

Nagsugo si Allāh ng mga sugo para sa kapatnubayan ng mga tao at pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Nagsasabi si Allāh tungkol sa Propeta (basbasan Niya at pangalagaan):

(الَّذِينَ يَتَّبِعُونَ الرَّسُولَ النَّبِيَّ الْأُمِّيَّ الَّذِي يَجِدُونَهُ مَكْنُوبًا
عِنْدَهُمْ فِي التَّوْرَةِ وَالْإِنْجِيلِ يَأْمُرُهُمْ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَاهُمْ عَنِ
الْمُنْكَرِ)

{na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama,} (Qur'ān 7:157)

Ang Pag-uutos ni Allāh ng Dalawang Ito

Gumawa Siya sa dalawang ito bilang batayan kabilang sa mga batayan ng Islām at bilang isa sa mga kinakailangan sa Muslim.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nakakita kabilang sa inyo ng isang nakasasama ay ibahin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng dila ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng puso - at iyon**

ay ang pinakamahinang pananampalataya."
(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 49.)

Ang Bigat ng Pabuya Dahil sa Dalawang Ito

Nangako si Allāh sa mga tagapag-utos ng nakabubuti at mga tagasaway sa nakasasama ng isang dakilang pabuya. Nagsabi si Allāh:

(لَا خَيْرَ فِي كَثِيرٍ مِّنْ نَّجْوَاهُمْ إِلَّا مَنْ أَمَرَ بِصَدَقَةٍ أَوْ مَعْرُوفٍ
أَوْ إِصْلَاحٍ بَيْنَ النَّاسِ وَمَن يَفْعَلْ ذَلِكَ ابْتِغَاءَ مَرْضَاتِ اللَّهِ فَسَوْفَ
نُؤْتِيهِ أَجْرًا عَظِيمًا)

{Walang mabuti sa madalas na lihim na pag-uusap nila, maliban sa sinumang nag-utos ng isang kawanggawa o isang nakabubuti o isang pagsasaayos sa pagitan ng mga tao. Ang sinumang gumagawa niyon dala ng paghahangad sa kaluguran ni Allāh ay magbibigay Siya rito ng isang pabuyang sukdulan.} (Qur'ān 4:114)

Ang gantimpala sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama ay mag-iibayo. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay ay ukol sa kanya mula sa**

**pabuya ang tulad ng mga pabuya ng mga
sumunod sa kanya nang hindi nakababawas
iyon ng anuman mula sa mga pabuya nila."**
(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2674.)

Kabilang sa mga Katangian ng mga
Mananampalataya

Naglarawan si Allāh sa mga karapat-dapat sa
Paraiso sa pamamagitan ng sabi Niya:

(الَّتَائِبُونَ الْعَبْدُونَ الْحَمِيدُونَ الرَّكَعُونَ السَّجِدُونَ
الْآمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَالنَّاهُونَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَالْحَفِظُونَ لِحُدُودِ
اللَّهِ وَبَشِّرِ الْمُؤْمِنِينَ)

{[Sila] ang mga nagbabalik-loob, na mga
sumasamba, na mga nagpupuri, na mga nag-
aayuno, na mga yumuyukod, na mga
nagpapatirapa, na mga nag-uutos sa nakabubuti,
na mga sumasaway sa nakasasama, at mga nag-
iingat sa mga hangganan ni Allāh. Magbalita ka ng
nakagagalak sa mga mananampalataya.} (Qur'ān
9:112)

mga nag-aayuno: mga tagapag-ayuno.

Kabilang sa mga Kaparaanan ng Pagbibigay-kapangyarihan sa Kalipunang Islām

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(الَّذِينَ إِنْ مَكَّنَّاهُمْ فِي الْأَرْضِ أَقَامُوا الصَّلَاةَ وَآتَوُا الزَّكَاةَ
وَأَمَرُوا بِالْمَعْرُوفِ وَنَهَوْا عَنِ الْمُنْكَرِ وَاللَّهُ عَقِيبُ الْأُمُورِ)

{[Sila] ang mga kung nagbigay-kapangyarihan Kami sa kanila sa lupa ay magpapanatili ng pagdarasal, magbibigay ng zakāh, mag-uutos ng nakabubuti, at sasaway sa nakasasama. Sa kay Allāh ang [mabuting] kahihinatnan ng mga bagay.}
(Qur'ān 22:41)

Ang Isa sa mga Pinto ng Pakikibaka sa Landas ni Allāh

May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Aling pakikibaka ang pinakamainam?" Nagsabi siya: **"Isang salita ng katotohanan sa harap ng isang tagapamahalang nang-aapi."** (Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'iy: 4209.)

Isang Landas ng Kaligtasan at Pagpawi ng Pagdurusa

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(فَلَوْلَا كَانَ مِنَ الْقُرُونِ مِنْ قَبْلِكُمْ أُولُوا بَقِيَّةَ يَنْهَوْنَ عَنِ الْفَسَادِ فِي الْأَرْضِ إِلَّا قَلِيلًا مِمَّنْ أَنْجَيْنَا مِنْهُمْ وَاتَّبَعَ الَّذِينَ ظَلَمُوا مَا أُتْرِفُوا فِيهِ وَكَانُوا مُجْرِمِينَ)

{Kaya bakit kasi hindi nagkaroon mula sa mga salinlahi bago pa ninyo ng mga may tirang [kabutihang] sumasaway sa kaguluhan sa lupa, maliban sa kaunti kabilang sa pinaligtas Namin kabilang sa kanila? Sumunod ang mga lumabag sa katarungan sa ipinariwasa sa kanila roon, at sila ay naging mga salarin.} (Qur'ān 11:116)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtalakayan ako at maghuhulo ako.

Ang tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama ay may mga kaaya-ayang epekto sa individuwal at lipunan. Talakayin mo iyon kasama ng tagapagturo mo at mga kaklase mo, kasabay ng pagpapatulong sa sumusunod na āyah at ḥadīth:

Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(فَلَمَّا نَسُوا مَا دُكِّرُوا بِهِ أَنْجَيْنَا الَّذِينَ يَنْهَوْنَ عَنِ السُّوءِ وَأَخَذْنَا
الَّذِينَ ظَلَمُوا بِعَذَابٍ بَئِيسٍ بِمَا كَانُوا يَفْسُقُونَ)

{Kaya noong lumimot sila sa ipinaalaala sa kanila, nagligtas Kami sa mga sumasaway sa kasagwaan} (Qur'ān 7:165)

Nagsabi ang Propeta (s): **"Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, talagang mag-uutos nga kayo ng nakabubuti at talagang sasaway nga kayo sa nakasasama o talagang magpapalapit nga si Allāh na magpadala sa inyo ng isang parusa mula sa Kanya, pagkatapos dadalangin kayo ngunit hindi tutugon sa inyo."** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 2169.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at tutugon ako.

Nagsabi si Abū Bakr Aş-Şiddīq (malugod si Allāh sa kanya): **{O mga tao, tunay na kayo ay bumibigkas ng āyah na ito:**

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا عَلَيْكُمْ أَنْفُسَكُمْ لَا يَضُرُّكُمْ مِّنْ ضَلٍّ إِذَا
أَهْتَدَيْتُمْ)

{0 mga sumampalataya, mangalaga kayo sa mga sarili ninyo. Hindi makapipinsala sa inyo ang sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.}

(Qur'ān 5:105) Tunay na kayo ay naglalagay nito sa hindi kinalalagyan nito. Tunay na ako kay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: **"Tunay na ang mga tao, kapag nakakita sila ng nakasasama saka hindi sila nagmasama nito, ay nalalapit na maglahat sa kanila si Allāh ng parusa Niya."**}

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 16 at Imām Ibnu Mājah: 4005.

Sa pakikilahok sa kaklase mo at ayon sa liwanag ng nasabi ni Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya), tugunin mo ang sumusunod:

Ipaliwanag mo ang kasiraan na bumagsak sa ilan sa mga tao sa pagkaintindi sa tinutukoy mula sa marangal na āyah.

Kapag ang tao ay nanatiling matuwid sa mga pagtalima, wala sa kanyang kapinsalaan na mag-

iwan sa mga ibang tao sa kaguluhan, kaya naman hindi siya sumasaway sa kanila sa nakasasama.

Papaanong ginamot ni Abū Bakr Aş-Şiddīq (malugod si Allāh sa kanya) ang kasiraang ito?

Nilinaw niya sa kanila ang kamalian sa pagkaintindi, pagkatapos nagpaalaala siya sa kanila ng isang patunay sa kaparusahan sa pagwaksi sa pagsaway sa nakasasama.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nakakita kabilang sa inyo ng isang nakasasama ay baguhin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya"** ay nagpapatunay na ang pagmamasama sa nakasasama ay:

(itinuturing na kaibig-ibig - kinakailangan - pinapayagan).

Ang āyah na tumawag-pansin si Abū Bakr Aş-Şiddīq (malugod si Allāh sa kanya) sa kamalian ng ilan sa pagkaintindi rito ay ang sabi ni Allāh:

(عَلَيْكُمْ أَنْفُسُكُمْ لَا يَضُرُّكُمْ مَن ضَلَّ إِذَا اهْتَدَيْتُمْ). (فَلَمَّا نَسُوا مَا
ذُكِّرُوا بِهِ أَنْجَيْنَا الَّذِينَ يَنْهَوْنَ عَنِ السُّوءِ). (لَا خَيْرَ فِي كَثِيرٍ
مِّن نَّجْوَاهُمْ إِلَّا مَن أَمَرَ بِصَدَقَةٍ أَوْ مَعْرُوفٍ).

{mangalaga kayo sa mga sarili ninyo. Hindi makapipinsala sa inyo ang sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.} (Qur'ān 5:105)

{Kaya noong lumimot sila sa ipinaalaala sa kanila, nagligtas Kami sa mga sumasaway sa kasagwaan} (Qur'ān 7:165)

{Walang mabuti sa madalas na lihim na pag-uusap nila, maliban sa sinumang nag-utos ng isang kawanggawa o isang nakabubuti} (Qur'ān 4:114)

Kabilang sa pinakamainam sa mga anyo ng pag-uutos ng nakabubuti ay isang salita ng katotohanan sa harap ng:

(pagtitipon ng mga tao - khuṭbah sa Biyernes - tagapamahalang tagalabag ng katarungan).

PANUTO 2: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Bakit ginawa ni Allāh ang Kalipunang Islāmiko bilang pinakamabuti sa mga kalipunan?

Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga kainaman ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Magbigay-katwiran ka: Ang pagpapabaya sa pagsaway sa nakasasama ay nauuwi sa pagkadagdag ng mga nakasasama.

Ang Ikalimang Aralin: Ang Fiqh ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang mga Layong Pampamamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa mga panuntunan ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapagbigay-linaw ka sa mga antas ng pagpapaiba sa nakasasama;

makapagpatotoo ka sa kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa mga kapakanan at mga katiwalian;

makapagsadamdamin ka sa pagkakailangan ng fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapag-utos ka ng nakabubuti at makasaway ka ng nakasasama alinsunod sa mga panuntunang pambatas.

Pagpapaumpisa

Ang pag-uutos ng nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama ay humihiling ng isang pagkakaalam sa Shari`ah at isang karunungan sa pagpapatupad. Matututuhan mo sa araling ito ang fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

A. Ang mga Panuntunan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang mga Panuntunan ng Pag-uutos ng Nakabubuti o Pagsaway sa Nakasasama

Ang kapahayagan ay ang nagtatakda ng nakabubuti at nakasasama

Ang hindi pagmamasama sa mga usapin ng ijtihād

Ang paglitaw ng nakasasama

Ang pagpapakatiyak sa pagkaganap ng nakasasama

Ang pagsasaalang-alang sa mga kapakanan at mga katiwalian

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga panuntunan sa ipinag-uutos natin sa mga tao at sinasaway natin sa kanila ang sumusunod:

Ang kapahayagan ay ang nagtatakda ng nakabubuti at nakasasama:

kaya naman hindi nagtatakda nito ang mga tradisyon o ang kaugalian o ang mga personal na opinyon.

Ang hindi pagmamasama sa mga usapin ng ijtihād:

Ang mga ito ay ang mga usaping nagkaiba-iba ang mga faqīh sa kahatulan sa mga ito. Hindi nagsaad ang isang tahasang patunay mula sa Qur'ān o Sunnah ng paglilinaw sa kahatulan sa mga ito o nagsaad ng kahatulan sa mga ito ang isang patunay mula sa Pampropetang Sunnah, na nagkakaiba-iba sa katumpakan nito o pagkakatatunayan nito. Kaya naman ang tulad ng mga usaping ito ay hindi minamasama.

Ang paglitaw ng nakasasama:

kaya naman walang pagmamasama sa isang bagay na kubli o tinabingan, gaya ng paggawa ng ipinagbabawal sa loob ng mga bahay.

Ang pagpapakatiyak sa pagkaganap ng nakasasama:

nang sa gayon hindi maparatangan ng kabulaanan ang tagapag-utos ng nakabubuti at ang tagasaway sa nakasasama sa mga tao, kaya kinakailangan ang pagmamasama sa nakasasama sa oras ng pangyayari nito at kinakailangan ang pagpapayo kung nakaalam sa pangyayari ng nakasasama sa nakaraan o sa pagkakini-kinita ng pangyayari ng nakasasama sa hinaharap.

Ang pagsasaalang-alang sa mga kapakanan at mga katiwalian:

sapagkat kapag ang pagsaway sa nakasasama ay nagreresulta ng pag-iral ng isang nakasasamang higit na matindi kaysa unang nakasasama, hindi pinapayagan sa sandaling iyon ang pagsaway sa nakasasama. Ang halimbawa niyon: na si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) ay nagnais na pumatay sa pangulo ng mga mapagpaimbabaw na si `Abdullāh bin Ubayy bin Salūl ngunit humadlang sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi sa kanya: **"Hayaan siya. Hindi magsasalita ang mga tao na si Muḥammad ay pumapatay ng mga Kasamahan niya."** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 3330 at Imām Muslim: 63.)

Humadlang ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang sa gayon hindi mangamba ang nalalabi sa mga Arabe sa pagpasok sa Islām.

Ang mga antas ng pagsaway sa nakasasama:

Ang pagmamasama sa nakasasama ay tatlong antas, na tinakdaan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sabi niya: **"Ang sinumang nakakita kabilang sa inyo ng isang nakasasama ay ibahin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng dila ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng puso - at iyon ay ang pinakamahinang pananampalataya."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 49.)

Sa sumusunod ay ang paglilinaw sa mga antas na ito:

Ang Unang Antas. Ang pagpapaiba sa nakasasama sa pamamagitan ng kamay.

Ito ay natatangi sa sinumang may pamamahala o kapangyarihan tulad ng tagapamahala ng estado, hukom sa hukuman nito, komandante sa hukbo niya, manager sa opisina niya, ama sa bahay niya, at mga pulis ng moralidad na itinalaga ng tagapangasiwa ng pamamahala sa layuning ito.

Ang Ikalawang Antas: Ang pagpapaiba sa nakasasama sa pamamagitan ng dila.

Iyon ay kapag hindi nagtataglay ang tao ng lakas at kapamahalaan na nagbibigay-

kapangyarihan sa kanya sa pagpapaiba sa pamamagitan ng kamay. Ito ay sa pamamagitan ng kaaya-ayang pananalita at magandang pangaral.

Ang Ikatlong Antas: Ang pagpapaiba sa nakasasama sa pamamagitan ng puso.

Ito ay ang pinakamahina sa mga antas. Ito ay kinakailangan sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim at hindi naaalis bilang tungkulin sa alinmang kalagayan. Naisasakatotohanan ang pagpapaiba sa nakasasama sa pamamagitan ng puso dahil sa pagkasuklam ng Muslim sa pagsuway na nakita niya o narinig niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-aanalisa ako at magtatakda ako.

Analisahin mo ang mga sumusunod na senaryo, pagkatapos takdaan mo ang antas na kinakailangan na mapabilang sa ilalim nito ang pagmamasama sa nakasasama:

Ang Senaryo Ang Antas ng Pagsaway sa Nakasasama

Ang Kamay Ang Dila

Nakita ng isang tao ang kapitbahay niya na gumagawa ng isang nakasasama. Ang Dila

Si Ahmad ay isang batang 12 taong gulang at nagpupumilit sa pagtigil sa pagsasagawa ng ṣalāh. Ang Kamay

Isang imām ng masjid, na nakakita ng isang nagsasagawa ng ṣalāh, na nakaharap sa hindi dako ng qiblah. Ang Kamay

Nakita ng isang tagapagturo ang ilan sa mga estudyante na humihithit ng mga sigarilyo sa paaralan. Ang Kamay at ang Dila

Nakakita ang mga alagad ng pulisya ng ilan sa mga kriminal habang humaharap ang mga ito sa daan. Ang Kamay

Aktibidad 2: Makikipagtalakayan ako at maghuhulo ako.

Ano ang gagawin ng tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama kung sakaling nanaig sa palagay niya na siya ay hindi tutugunin? Mag-uutos ba siya ng nakabubuti at sasaway ba siya sa nakasasama o hindi?

Makikipagtalakayan ka niyon kasama ng tagapagturo mo at mga kaklase mo ayon sa liwanag ng sabi ni Allāh:

(وَذَكِّرْ فَإِنَّ الذِّكْرَ يُنْفَعُ الْمُؤْمِنِينَ)

{Magpaalaala ka sapagkat tunay na ang paalaala ay nagpapakinabang sa mga mananampalataya.} (Qur'ān 51:55)

Kinakailangan sa sinumang nakakita ng nakasasama na magmasama nito kahit pa man nanaig sa palagay niya na siya ay hindi tutugunin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Ang pagmamasama sa nakasasama sa pamamagitan ng puso ay isang tungkulin ng individuwal para sa lahat ng mga Muslim. (✓)

Kinakailangan ang pagmamasama sa nakasasama kaugnay sa mga usapang pang-ijtihād. (X)

Ang pagpapaiba sa pamamagitan ng kamay ay pinakadakila sa mga antas ng pagpapaiba sa nakasasama. (✓)

Isinasakundisyon ang paglitaw ng nakasasama at ang pagkaganap nito sa oras ng pagmamasama. (✓)

Ipinagbabawal ang pagmamasama sa nakasasama kapag magreresulta rito ang

pagkaganap ng isang nakasasamang higit na matindi. (✓)

PANUTO 2: Tugunin ang dalawang sumusunod na tanong:

Magpatotoo ka sa kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa mga kapakanan at mga katiwalian sa pagpapaiba sa nakasasama, kasama ng pagbanggit sa isang halimbawa roon.

Bigyang-linaw mo ang mga antas ng pagmamasama sa nakasasama, kasama ng paglilina sa mga mayroong kapamahalaan sa pagmamasama sa pamamagitan ng kamay.

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama

Ang mga Layong Pampamalakad

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpaliwanag ka ng mga etiketa ng tagapag-utos ng nakabubuti at tagasaway sa nakasasama;

makapagpasunud-sunod ka ng mga antas ng pag-uunti-unti sa pagmamasama sa nakasasama;

makapagdakila ka sa kahalagahan ng kabaitan sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama;

makapagpatupad ka ng mga etiketa sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Hindi naisasakatotohanan ang bunga ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama malibang sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga etiketa sa dalawang ito na inilagay ng Shari`ah. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang sumusunod:

Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama

Ang Pagpapakawagas

Ang Kaalaman

Ang Gawain

Ang Kabaitan

Ang Pag-uunti-unti

Nararapat na mailarawan ang tagapag-utos ng nakasasama at ang tagasaway sa nakasasama ayon sa sumusunod:

Ang pagpapakawagas sa layunin para kay Allāh:

Ang pagpapakawagas ay ang pundasyon ng pagtanggap ng gawain, pagpapatamo ng pabuya,

at kadahilanan ng pagkatuon sa tama mula kay Allāh.

Ang kaalaman sa reyalidad ng anumang ipinag-uutos o sinasaway:

Bilang pagsunod sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat naglarawan nga si Allāh sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay roon sa sabi Niya:

(قُلْ هَذِهِ سَبِيلِي أَدْعُو إِلَى اللَّهِ عَلَىٰ بَصِيرَةٍ أَنَا وَمَنِ اتَّبَعَنِي)

{Sabihin mo: "Ito ay landas ko. Nag-aanyaya ako tungo kay Allāh batay sa isang pagkatalos, ako at ang sinumang sumunod sa akin.} (Qur'ān 12:108)

Dahil dito, kinakailangan na ang tagapag-utos ay maging nasa isang pagkatalos na ang ipinag-uutos niya ay hinihiling sa Sharī`ah. Gayon din, ang tagasaway sa nakasasama ay maging nasa isang pagkatalos na ang sinasaway niya ay hinahadlangan sa Sharī`ah .

Ang paggawa ng ipinag-uutos at ang pag-iwas sa sinasaway:

Ito ay isang mahalagang etiketa na kinakailangan sa tagapag-anyaya ang pagsunod dito. Nagsabi si Allāh:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لِمَ تَقُولُونَ مَا لَا تَفْعَلُونَ 2 كَبُرَ مَقْتًا عِنْدَ اللَّهِ أَنْ تَقُولُوا مَا لَا تَفْعَلُونَ)

{2. O mga sumampalataya, bakit kayo nagsasabi ng hindi ninyo ginagawa?

3. Lumaki sa pagkamuhi sa ganang kay Allāh na magsabi kayo ng hindi ninyo ginagawa.} (Qur'ān 61:2-3) Kung sakaling nagkulang ang tagapag-anyaya sa isang pagtalima o nasadlak siya sa isang pagsuway, hindi ito nangangahulugan ng pagwaksi sa pag-uutos ng pagtalimang iyon o pagsaway sa pagsuway na iyon.

Ang kabaitan, ang kabanayaran, at ang pagwaksi sa kagaspangan:

nang sa gayon hindi lumayo sa kanya ang loob ng mga tao. Nagsabi si Allāh habang nakikipag-usap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

(وَلَوْ كُنْتَ فَظًّا غَلِيظَ الْقَلْبِ لَانْفَضُّوا مِنْ حَوْلِكَ)

{Kung sakaling ikaw ay naging isang mabagsik na magaspang ang puso ay talaga sanang nagpakalayu-layo sila mula sa paligid mo.}

(Qur'ān 3:159)

Ang pag-uunti-unti:

Kaya naman hindi makikipagmabilisan sa pag-iwan sa nagkakamali o pagparusa sa kanya sa iisang pagkakataon; bagkus ipatutupad ang pag-uunti-unti alinsunod sa mga sumusunod na hakbang:

A. Ang pagpapakilala sa kamalian, lalo na dahil sa kamangmangan ng nagkakamali o kabataan ng edad nito.

B. Ang pangangaral at ang pagpapayo nang palihim nang walang paghahayag.

C. Ang pagpapagaspang ng pagsasabi at ang pagpapangamba sa kanya sa parusa.

D. Ang pag-iwan at ang pagboykoteo kapag nagpumilit ang nagkakamali sa kamalian.

E. Ang pagparusa sa nagkakamali kapag ang tagapag-utos ay may kapamahalaan sa kanya, tulad ng ama o asawa.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at hahango ako.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa paghango sa mga etiketa ng tagapag-utos ng nakabubuti, na nasasaad sa mga sumusunod na teksto:

Nasaad sa tagubilin ni Luqmān sa anak niya:

(يٰٓبُنَيَّ اَقِمِ الصَّلَاةَ وَامُرْ بِالْمَعْرُوفِ وَانْهَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَاصْبِرْ
عَلٰى مَا اَصَابَكَ)

{O anak ko, magpanatili ka ng pagdarasal, mag-utos ka ng nakabubuti, sumaway ka ng nakasasama, at magtiis ka sa anumang tumatama sa iyo; tunay na iyon ay kabilang sa pinagpapasyahan sa mga usapin.} (Qur'ān 31:17)

Nagsabi si Sufyān Ath-Thawrīy (maawa sa kanya si Allāh): **"Hindi mag-uutos ng nakabubuti ni sasaway sa nakasasama kundi ang sinumang sa kanya ay may tatlong katangian: mabait sa ipinag-uutos niya, mabait sa sinasaway niya, makatarungan sa ipinag-uutos niya, makatarungan sa sinasaway niya,**

nakaaalam sa ipinag-uutos niya, at nakaaalam sa sinasaway niya."

Aktibidad 2: Magsusulat ako ng isang payo.

Nakikipagmabilisan ang ilan sa mga lalaki sa pagparusa sa mga maybahay nila nang walang paggawa ng mga hakbang na nasasaad sa sabi ni Allāh:

(وَالَّذِي تَخَافُونَ نُشُوزَهُنَّ فَعِظُوهُنَّ وَأَهْجُرُوهُنَّ فِي الْمَضَاجِعِ
وَأَضْرِبُوهُنَّ فَإِنْ أَطَعْنَكُمْ فَلَا تَبْغُوا عَلَيْهِنَّ سَبِيلًا)

{Ang mga [maybahay na] nangangamba kayo sa kapalaluan nila ay pangaralan ninyo sila, iwan ninyo sila sa mga higaan [kung nagpupumilit], at paluin ninyo sila [kung tumanggi pa]; ngunit kung tumalima sila sa inyo ay huwag kayong maghanap laban sa kanila ng isang paraan.} (Qur'ān 4:34)

Magsulat ka ng isang payo sa mga lalaking ito sa pamamagitan ng nasaad sa āyah at natutuhan mo mula sa aralin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Nagsisimula ang lalaki sa pagsasaayos sa maybahay niya sa pamamagitan ng pag-iwan. (X)

Isinasakundisyon sa tagasaway sa nakasasama na hindi masadlak sa mga pagsuway. (X)

Kinakailangan ang kaalaman sa fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti bago magsagawa nito. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

(وَأْمُرْ بِالْمَعْرُوفِ وَأَنْهَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَأَصْبِرْ عَلَى مَا أَصَابَكَ)،

{mag-utos ka ng nakabubuti, sumaway ka ng nakasasama, at magtiis ka sa anumang tumatama sa iyo;} ay nagpapatunay sa kahalagahan ng:

(lakas - kabaitan - pagtitiis).

Ang pagpapakawagas sa pag-uutos ng nakabubuti ay kabilang sa mga bagay na:

(kinakailangan - itinuturing na kaibig-ibig - pinahihintulutan).

Ang una sa mga hakbang ng pag-uutos ng nakabubuti ay:

(ang pagpapayo nang palihim - ang pagpapakilala sa kamalian - ang pag-iwan nang tatlong araw).

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magpaliwanag ka ng tatlo sa mga etiketa ng tagapag-utos ng nakabubuti.

Magsulat ng mga hakbang ng pag-uunti-unti sa nagkakamali.

Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan

1. Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay Pananalita ni Allāh

Ang Paghihimala ng Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay liwanag at kapatnubayan para sa mga nilalang.

Ang Pagkaingat ni Allāh sa Marangal na Qur'ān

Ang Pagpaparangal sa mga Alagad ng Qur'ān sa Mundo at Kabilang-buhay

Ang mga alagad ng Qur'ān ay ang mga tagabigkas ng Marangal na Qur'ān, ang mga tagapagsaulo nito, at ang mga nakaaalam ng pagpapakahulugan nito at mga agham nito.

Ang mga alagad ng Qur'ān ay ang mga pinakamabuti sa Kalipunang Muslim.

Ang Qur'ān ay mamamagitan sa mga alagad nito sa Araw ng Pagbangon.

2. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fātiḥah

Ang Al-Fātiḥah ay ang pinakadakila sa mga sūrah ng Qur'ān.

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang Raḥmān (Napakamaawain) ay: ang may awang pangkalahatan na sumaklaw sa lahat ng nilikha.

Ang Raḥīm (Maawain) ay: ang may awa sa mga mananampalatayang lingkod Niya.

Ang Araw ng Pagtutumbas ay: ang Araw ng Pagbangon.

Ang mga kinagalitan ay: ang bawat sinumang nakaalam sa katotohanan ngunit hindi sumunod dito, gaya ng mga Hudyo.

Ang mga naliligaw ay: ang bawat sinumang naligaw sa pagkaalam sa katotohanan, gaya ng mga Kristiyano.

2. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fātiḥah

Kabilang sa mga kainaman ng Sūrah Al-Fātiḥah:

Ang Pagkatangi Nito sa Pagkakinakailangan ng Pagbigkas Nito sa Ṣalāh.

Ang Pinakadakila sa mga Sūrah ng Qur'ān at ang Pinakahigit sa mga Ito sa Kalamangan.

Ang Hadīth: "Naghati Ako ng ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati."

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Ang pagkakinakailangan ng paghahanda para sa Araw ng Pagbangon sapagkat ito ay ang Araw ng Pagganti.

Ang pagsamba ay hindi pinapayagan malibang ukol kay Allāh – tanging sa Kanya.

Ang pagkakinakailangan ng pagtulad sa mga propeta at ang pag-iwan sa mga landas ng mga tagatangging sumampalataya.

Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang Kawthar ay: ang maraming kabutihan sa Mundo at Kabilang-buhay. Kabilang doon ang ilog ng Kawthar sa Paraiso.

Mag-alay ka: mag-alay ka ng katay mo para kay Allāh, at huwag kang gumawa ng katambal kasama sa Kanya.

Ang nasusuklam sa iyo ay: ang naiinggit sa iyo at ang namumuhi sa iyo.

Ang lagot ay: ang naputol ang bakas niya at ang kabutihan niya sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Ang kadakilaan ng balor ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ganang kay Allāh.

Kinakailangan ang pagpapakawagas sa Tawhīd at ang pagbaling ng lahat ng mga pagsamba kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

Kinakailangan na magpakawalang-kaugnayan ang Muslim sa mga tagatangging sumampalataya at mga sinasamba nila.

Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:
nasawi: nabigo at nalugi.

tagapasan ng kahoy na panggatong:
nagpapasan ng mga tinik at naglalagay ng mga ito
sa daan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

leeg nito: leeg nito.

linubid na himaymay: himaymay na matindi sa
gaspang.

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa
mga marangal na āyah:

Ang pagkakinakailangan ng pagluwalhati kay
Allāh (napakataas Siya) at pagpupuri sa Kanya, at
ang pagpapanibago ng pagbabalik-loob at
paghingi ng tawad.

Si Allāh ay nagtatanggol sa Propeta (basbasan
siya ni Allāh at pangalagaan) at nagpaparusa sa
sinumang namemerhuwisyo sa kanya.

Ang sinumang hindi sumampalataya kay Allāh
at hindi gumawa ng maayos, hindi
magpapakinabang sa kanya ang yaman niya ni ang
pagkakamag-anak niya ng Sugo ni Allāh (b siya ni
Allāh at pangalagaan).

5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang Dulugan ay: ang Pinapanginoon na pinapakay ng mga tao sa pagtugon sa mga pangangailangan nila.

kapantay: kawangis at katulad.

nagpapakupkop ako: dumudulog ako at nagpapasanggalang ako.

ang bukung-liwayway: ang pag-uumaga at ang liwanag.

pusikit kapag lumaganap ito: ang gabi kapag lumapit ang dilim nito.

ang mga babaing [manggagaway na] palaihip: ang mga babaing manggagaway na umiihip sa mga buhol ng panggagaway.

naiinggit: ang nagmimithi ng paglaho ng biyaya sa iba sa kanya.

ang palaorong: ang nagkukubli sa sandali ng pagkabanggit kay Allāh (napakataas Siya).

ang jinnah: ang jinn.

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Si Allāh (napakataas Siya) ay ang Diyos na Totoo na Karapat-dapat sa lahat ng mga uri ng pagsamba.

Si Allāh (napakataas Siya) ay nag-iingat sa Muslim kapag dumulog ito sa Kanya laban sa mga kasamaan ng jinn at tao.

Ang mga kapinsalaan ng panggagaway at pagkaingit ay reyalidad. Nangangalaga sa Muslim laban sa mga ito ang pagpapasanggalang kay Allāh at pananalig sa Kanya.

Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak

1. Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito

Ang hadith ni Anghel Gabriel tungkol sa tatlong antas ng Relihiyon.

Ang Unang Antas: Ang Islām (Pagpapasakop) at ang mga haligi nito ay lima.

Ang Ikalawang Antas: Ang Īmān (Pananampalataya) at ang mga haligi nito ay anim.

Ang Ikatlong Antas: Ang Iḥsān (Paggawa ng Maganda) at mayroon itong dalawang grado.

1. Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito

A. Ang Pananampalataya kay Allāh, na Naglalaman ng Apat na Usapin:

Ang Pananampalataya sa Kairalan ni Allāh.

Ang Pananampalataya sa Pagkapanginoon Niya

Ang Pananampalataya sa Pagkadiyos Niya.

Ang Pananampalataya sa mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya.

B. Ang mga Epekto ng Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya):

Ang pananampalataya kay Allāh ay gumagawa sa puso ng mananampalataya na nahuhumaling kay Allāh (napakataas Siya).

Ang pananampalataya kay Allāh ay nag-aalis mula sa puso ng tagapagtaglay nito ng pangamba sa iba pa kay Allāh.

Ang pananampalataya kay Allāh ay gumagawa sa mananampalataya na maging masigasig sa pagganap ng mga pagsamba at mga karapatan ng mga tao.

2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito.

A. Ang Ibig Sabihin ng mga Anghel:

Ang mga anghel ay: mga nilikhang dakila, na nilikha ni Allāh mula sa isang liwanag. Tumatalima sila kay Allāh at hindi sila sumusuway sa Kanya.

B. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Anghel:

Ang paniniwala sa kairalan nila.

Ang pananampalataya sa anumang nalaman natin mula sa mga pangalan nila.

Ang pananampalataya sa anumang nalaman natin mula sa mga katangian nila at mga gawain nila.

2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito.

C. Kabilang sa mga Gawain ng mga Anghel:

Ang pagbababa ng kasi (kakahayagan). Ito ay gawain ni Anghel Gabriel (Jibrīl).

Ang pagtatala ng mga gawain ng mga tao.

Ang pagkuha ng mga kaluluwa. Ito ay gawain ng Anghel ng Kamatayan (Malakulmawt).

D. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Anghel:

Ang pagsusumikap sa pagtalima kay Allāh bilang paggaya sa mga anghel.

Ang paglayo sa kapalaluan at pagmamayabang ng gawa.

Ang pag-iwas sa mga ipinagbawal ni Allāh dala ng pangamba kay Allāh, pagkatapos dala ng pagkahiya sa mga anghel.

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.

A. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan:

Ito ay: ang pagkilala na si Allāh (napakataas Siya) ay nagpababa ng mga kasulatan para sa kapatnubayan ng mga tao.

Ang Pinakamainam sa mga Kasulatan:

Ito ay ang Marangal na Qur'an sapagkat ito ay ang iniingatan laban sa pagpilipit, ang mapaghimala sa nilikha, ang tagapagsubaybay sa nalalabi sa mga kasulatan.

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.

B. Ang Pananampalataya sa mga Sugo:

Ito ay: ang pagkilala na si Allāh (napakataas Siya) ay nagsugo sa kanila para sa pag-anyaya sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya.

Ang Pinakamainam sa mga Sugo:

Ang pinakamainam sa mga sugo ay lima. Sila ay ang mga May Pagtitika. Ang pinakamainam sa kanila sa kalahatan ay ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo:

Ang pagkatiyak sa awa ni Allāh yayamang nagsugo Siya ng mga sugo at nagpababa Siya ng mga kasulatan para sa kapatnubayan natin.

Ang pagsamba kay Allāh batay sa pagkatalos sa pamamagitan ng ipinaliwanag ng mga kasulatan at ipinatupad ng mga sugo.

Ang pagtulad sa mga kaasalan ng mga propeta, mga katangian nila, at mga gawain nila.

4. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito

A. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa Huling Araw:

Ang paniniwala at ang pagkilala sa lahat ng ipinabatid ni Allāh at ipinabatid ng Sugo Niya (b Niya ito at pangalagaan) mula sa magaganap matapos ng kamatayan.

B. Ang mga Yugto ng Huling Araw:

Ang Pagsubok sa Libingan - Ang Pagbuhay - Ang Pagkalap - Ang Timbangan - Ang Landasin - Ang Paraiso - Ang Impiyerno.

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Huling Araw:

Nakapipigil ito sa pagtitiwala sa Mundo kapalit ng kapinsalaan sa Kabilang-buhay.

Ang pagkadagdag sa pagmimithi sa paggawa ng mga pagtalima at sa pagkasindak sa paggawa ng mga pagsuway.

Ang hindi pagkalungkot ng mananampalataya sa nakaalpas sa kanya mula sa Mundo dahil sa minimithi niya na Kaghinhawahan.

5. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito

A. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa Pagtatakda:

Ito ay ang tiyakang paniniwala na ang bawat anumang nagaganap sa Sansinukob na kabutihan o kasamaan ay kabilang sa nalaman ni Allāh, itinala Niya, ninais Niya, at nilikha Niya.

B. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda at ang Paggamit ng mga Kadahilanan:

Hindi nakikipagsalungatan ang pananampalataya sa pagtatakda sa pagpupunyagi at paggamit ng mga kadahilanan.

Ang Hadith: "Gumawa kayo sapagkat ang bawat isa ay pinadali para sa nilikha para sa kanya."

C. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Pagtatakda:

Ang pagkalugod, ang pagtitiis, at ang pagwaksi sa pagkainis at pagkabagabag sa pagtatakda ni Allāh.

Ang pagpapakumbaba dahil ang mananampalataya sa pagtatakda ay nakatitiyak na ang anumang nasa kanya na biyaya ay mula kay Allāh.

Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta

1. Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at Pinakamahalaga sa mga Katangian Niya.

Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan):

Ang Kaangkanan ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang mga Pangalan Niya:

Siya ay si Muḥammad na anak ni `Abullāh na anak ni `Abdulmuṭṭalib na anak ni Hāshim.

Kabilang sa mga pangalan niya ay Aḥmad, Al-Hāshir, at Al-`Āqib.

Ang Kapanganakan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Pagpanaw Niya:

Ipinanganak siya sa Makkah noong Taon ng Elepante, 571 CE. Pinapanaw naman siya noong Lunes ng ika-12 ng Rabī`ul'awwal, 633 CE.

Ang mga Maybahay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan):

Khadijah – Sawdah – `Ā'ishah – Hafṣah – Zaynab bint Khuzaymah – Ummu Salamah –

Zaynab bint Jahsh – Juwayriyah – Ummu Ḥabībah – Ṣafīyah – Maymūnah.

1. Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at Pinakamahalaga sa mga Katangian Niya.

Ang mga Anak ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang mga Kamag-anak Niya:

Ang mga lalaki ay: sina Al-Qāsim, `Abdullāh, at Ibrāhīm.

Ang mga babae ay: sina Zaynab, Ruqayyah, Ummu Kulthūm, at Fāṭimah (malugod si Allāh sa kanila).

Kabilang sa pinakatanyag sa mga kamag-anak niya ay: sina Ḥamzah, Al-`Abbās, `Alīy, at `Abdullāh na anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanila).

Ang mga Pampisikal na Katangian ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan):

Siya ay maputi ang kulay, nagniningning ang mukha, katamtaman ang tikas, malapad ang dibdib, makapal ang balbas.

Ang mga Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan):

Ang Pagkamapagbigay at ang Katapangan - Ang Pagtitimpi at ang Kabaitan - Ang

Pagpapakumbaba - Ang Pagtitiis - Ang
Pagpapaumanhin at ang Pagpapalampas.

2. Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Mundo at Kabilang- buhay

* Ang mga Kainaman ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Mundo:

Ang pag-aanyaya niya ay pangkalahatan para sa mga tao sa kalahatan - Ang Pangwakas sa mga propeta - Binigyan siya ng masasaklaw sa mga pananalita - Ginawa para sa kanya ang lupa bilang masjid at bilang pandalisay - Iniadya siya sa pamamagitan ng hilakbot - Ipinahintulot sa kanya ang mga samsam ng digmaan.

Ang mga Kainaman ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Kabilang-buhay:

Ang pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagbangon - Ang kauna-unahan sa pagbibiyakan ng libingan - Ang kauna-unahang tagapagpamagitan at ang kauna-unahang pamamagitanin - Ang tagapagtaglay ng pinakamalaking batis - Ang kauna-unahan sa pagbubuksan ng pinto ng Paraiso.

3. Ang Kainaman ng Pagbabasa ng Qur'ān

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ako nagsasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."

Ang Tagapagsalaysay:

Siya ay si Abū `Abdirrahmān `Abdullāh bin Mas`ūd Al-Hudhalīy (malugod si Allāh sa kanya).

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita:

Ang alif lam mīm ay kabilang sa mga titik na hiniwa-hiwalay sa pagbigkas, na ipinambubungad ng ilan sa mga sūrah ng Marangal na Qur'ān.

3. Ang Kainaman ng Pagbabasa ng Qur'ān

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang paghimok sa pagbabasa ng Marangal na Qur'ān at pagpaparami nito.

Ang pagpapatibay na ang mga magandang gawa ay pinag-iibayo ang gantimpala.

Ang pagkamapagbigay ni Allāh sa pagbibigay Niya ng sukdulang gantimpala sa kaunting gawa.

4. Ang mga Panakip-sala ng mga Pagkakasala

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang limang dasal, ang Biyernes hanggang sa Biyernes, at ang Ramaḍān hanggang sa Ramaḍān ay mga panakip-sala sa pagitan ng mga ito kapag umiwas sa malalaking kasalanan."

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita:

Panakip-sala: kadahilanan ng kapatawaran ng mga pagkakasala.

Ang malalaking kasalanan ay: ang mga mabigat na pagkakasala na naglaan ang Batas ng isang takdang parusa para sa mga ito sa Mundo o ng isang kaparusahan sa Kabilang-buhay.

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Hurayrah `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy.

4. Ang mga Panakip-sala ng mga Pagkakasala

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang Kainaman ng Pamamalagi sa mga Pagtalima.

Ang mga pagkakasala ay dalawang uri: maliliit na kasalanan na nagtatakip-sala sa mga ito ang mga pagtalima at malalaking kasalanan na kinakailangan para sa mga ito ang isang natatanging pagbabalik-loob.

Ang Pagkapanganib ng Pagkakasadlak sa Malalaking Kasalanan.

5. Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh

Ang Teksto ng Ḥadīth:

Nagsasabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): **"Ako ay nasa ganang palagay ng lingkod Ko sa Akin. Ako ay kasama sa kanya nang nag-alaala siya sa Akin. Kung nag-alaala siya sa Akin sa sarili niya, mag-aalaala Ako sa kanya sa sarili Ko; at kung nag-alaala siya sa Akin sa isang konseho, mag-aalaala Ako sa kanya sa isang konseho na higit na mabuti kaysa sa kanila. Kung nagpakalapit siya sa Akin nang isang dangkal, magpapakalapit Ako sa kanya nang isang siko; at kung nagpakalapit siya sa Akin nang isang siko, magpapakalapit Ako sa kanya ng isang dipa. Kung pumunta siya**

sa Akin nang naglalakad, pupunta Ako sa kanya nang paspasan."

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita:

Dipa: layo ng kahabaan ng dalawang braso ng tao.

Paspasan: nagmamabilis.

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Hurayrah `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy.

5. Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto

Ang paglilinaw sa kahalagahan ng kagandahan ng palagay kay Allāh at ang pag-ukol ng pagsamba sa Kanya at pagpapakalapit-loob sa Kanya.

Ang pag-alaala kay Allāh nang palihim at nang lantaran ay kabilang sa pinakamainam sa mga pagsamba.

Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain.

6. Pitong Maglililim sa Kanila si Allāh sa Lilim Niya

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"May pitong [uri ng tao na] maglililim sa kanila si Allāh sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Allāh; lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allāh: nagtitipon alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; lalaking tinukso ng isang babaing may katungkulan at karikitan ngunit nagsabi ito: 'Tunay na ako ay nangangamba kay Allāh'; taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa saka ikinubli nito iyon nang sa gayon hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito; at taong nakaalaala kay Allāh nang nag-iisa saka nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha]."

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita:

Tinukso: umakit sa kanya para mangalunya.

Nag-iisa: malayo sa mga tao.

6. Pitong Maglililim sa Kanila si Allāh sa Lilim Niya

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang katarungan, ang kalinisang-puri, ang pagpapakawagas, at ang pagkahumaling ng puso

kay Allāh ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng mananampalataya.

Ang pag-ibig alang-alang kay Allāh ay isang kadahilanan sa kaligāyahan sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang paglayo sa mga nasang ipinagbabawal ay may mabigat na pabuya sa Kabilang-buhay.

Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakarán

1. Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍu'

Ang Ṭahārah ay isang kundisyon para sa katumpakan ng Salāh.

Ang ṭahārahah ay dalawang uri:

Ang ṭahārah ng katawan, kasuutan, at lugar.

Ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa malaking ḥadath at maliit na ḥadath.

Ang Kainaman ng Ṭahārah

Ang ṭahārah ay isang kadahilanan sa pag-ibig ni Allāh sa tao.

Ang ṭahārah ay kalahati ng pananampalataya.

Ang wuḍū' ay isang kadahilanan sa pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa.

1. Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍu'

Ang Pamamaraan ng Wuḍū'

Maglalayon ang Muslim sa puso niya [na magsagawa] ng wuḍū' - Maghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit - Magmumumog at magsisinga ng tubig na ipinasok sa ilong nang tatlong ulit - Maghuhugas ng mukha nang tatlong ulit - Maghuhugas ng mga kamay at mga braso hanggang sa lampas sa siko nang tatlong ulit - Magpapahid sa ulo nang iisang ulit - Magpapahid sa mga tainga kasama ng ulo - Maghuhugas ng mga paa hanggang sa mga bukungbukong nang tatlong ulit - Magsasabi matapos niyon

Ang pagwawakas ng wuḍū' ay ang pagsasabi ng: Ashhadu an lā ilāha illa -llāhu wa-anna Muḥammadan `abdu -llāhi wa-rasūluh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Lingkod ni Allāh at Sugo Niya).

2. Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang

A. Ang Tayammum

Ito ay ang pagpahid sa mukha at mga kamay ng dalisay na alabok kalakip ng layunin ng pagsasagawa ng ṭahārah.

Ang mga kalagayan na isinasabatas sa mga ito ang pagsasagawa ng tayammum:

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Tayammum:

2. Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang

B. Ang Pagpupunas sa Khuff:

Ang khuff ay: ang isinusuot sa mga paa, na yari sa katad o anumang nakawawangis nito.

Ang mga Kundisyon sa Pagpayag sa Pagpahid sa Khuff:

Ang Paraan ng Pagpahid sa Khuff:

2. Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang

C. Ang Pagpahid sa Balangkat:

Ang balangkat ay: ang itinatali sa mga pilay o mga sugat nang sa gayon gumaling ang mga ito.

Nagpapahid ang Muslim sa balangkat ayon sa pangangailangan.

Hindi isinasakundisyon para sa pagpahid sa balangkat na ilagay ito habang nasa ṭahārah.

Ang pagpahid sa balangkat ay walang tinakdaang yugto.

3. Ang Ghusl

Ang Pinapakay ng Ghusl:

Ito ay paglubos ng pagbasa ng tubig sa buong katawan nang may layunin ng pagsasagawa ng ṭahārah.

Ang mga Kalagayan na Kinakailangan sa mga Ito ang Ghusl:

Ang Ghusl ay Kinakailangan Para sa Kanya

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Ghusl:

4. Ang Kalagayan ng Ṣalāh

Ang Ṣalāh ay ang Poste ng Relihiyon.

Ang Ṣalāh ay Palatandaan ng Islām.

Ang Kauna-unahang Tungkulin Matapos ng Tawhīd.

Ang Kahuli-hulihan sa Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).

Ang Kauna-unahan sa Tutuusin Dahil Doon ang Tao sa Araw ng Pagbangon.

Nagtatakip-sala si Allāh sa Pamamagitan Nito sa mga Pagkakasala at mga Kasalanan.

5. Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang Ṭahārah at ang Pagtatakip ng `Awrah at ang Pagdako sa Qiblah.

Ang Layunin, ang Pagtayo, ang Takbīr, at ang Pagbigkas.

Ang Pagyukod at ang Pag-angat Mula Rito.

Ang Pagpapatirapa Nang Makalawa na sa Pagitan ng Dalawa ay May Pag-upo.

Ang Pag-upo at ang Tashahhud Matapos ng Ikalawang Rak`ah.

Ang Pag-upo, ang Tashahhud, at ang Ṣalāh Ibrāhīmīyah (Basbas na Abrahamiko) sa Pagwawakas ng Huling Rak`ah.

Ang Taslīm.

Ang Kapanatagan sa mga Gawain ng Ṣalāh.

Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Kaasalan

1, Ang mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom

A. Mga Etiketa ng Isinasabatas Gawin::

Ang Pagsambit ng: "Bismi –llāh" Bago Kumain at Uminom

Ang Pagkain at ang Pag-inom sa Pamamagitan ng Kanang Kamay

Ang Pagkain Mula sa Nakatabi sa Iyo.

Ang Pagpuri kay Allāh Matapos ng Pagkain at Pag-inom.

B. Mga Gawaing Sinasaway:

Ang Pagsandal sa Sandali ng Pagkain.

Ang Pag-aaksaya at ang Pagkabusog na Pinalabis-labis.

Ang Pag-hip sa Mainit na Pagkain.

Ang Paghinga sa Tubig sa Sandali ng ang Pag-inom.

2. Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang Patakaran sa Pagpapaalam.

Ang Kasanhian sa Pagpapaalam.

Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam.

Ang Pagbati, Pagkatapos ang Paghiling ng Pahintulot sa Pagpasok.

Magpapabatid ang Nagpapaalam ng Pangalan Niya at Tatayo sa Dakong Kanan ng Pinto o Kaliwa Nito.

2. Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang Pagpapaalam sa Loob ng mga Bahay:

Ang mga Oras Nito. Ito ay bago ng ṣalāh na fajr - oras ng tanghaling-tapat - matapos ng ṣalāh na `ishā'.

Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon

A. Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap:

Ang pagsisimula sa pagbati bago ng pagsasalita.

Na hindi magsalita kundi ayon sa kabutihan, at na umiwas sa pagsisinungaling, panlilibak, tsismis, at mahalay na pananalita.

Ang pagwaksi sa pag-uusap kaugnay sa hindi pumapatungkol sa kanya.

Kapag ang mga nagtitipon ay tatlo, hindi pinapayagan ang pag-uusap nang palihim ng dalawang tao bukod sa ikatlong tao.

Ang mga Etiketa ng Pagtitipon

Ang pagbibigay ng pagbati sa sandali ng pagpasok at paglabas.

Ang pag-upo sa kung saan dumarating sa pagtitipon.

Ang pagpapaluwang sa pagtitipon.

Ang pakikihalubilo sa mga maaayos.

Ang pag-iwas sa mga pagtitipon ng paglilibang at mga pagsuway.

Ang pagsambit ng du`ā' na panakip-sala matapos ng pagtitipon.

4. Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Una: Bago ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan:

Ang pagpasok sa palikuran sa pamamagitan ng kaliwang paa.

Ang Pagsasabi ng: **“Allāhumma innīy a`ūdhu bika mina -lkhubthi wa-lkhabāith. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.)**

Ikalawa: Sa Sandali ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan:

Ang pagkukubli sa mga mata ng mga tao.

Ang pag-iwas sa pagtugon sa tawag ng kalikasan sa daan ng mga tao o sa lilim nila.

Ang pag-iwas sa pagharap sa Qiblah o pagtalikod doon.

4. Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

ikatlo: Matapos ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan:

Ang pag-iwan sa lugar nang malinis.

Ang paghuhugas ng dalawang kamay nang maigi.

Ang Paglabas sa Palikuran sa Pamamagitan ng Pag-una sa Kanang Paa.

Ang Pagsabi ng: “Ghufrānak ([Humihingi ako ng] kapatawaran Mo)” Matapos Lumabas.

Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan

1. Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān

Ang Kainaman ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān:

Kabilang sa mga etiketa ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān:

Ang pagpapakawagas kay Allāh (napakataas Siya).

Ang paghiling ng pagkupkop laban sa demonyong isinumpa.

Ang pagninilay-nilay sa mga kahulugan.

Ang pagpapatupad ng mga patakaran ng Tajwīd.

Ang pagpapaganda ng tinig sa pagbigkas ng Qur'ān.

2. Ang Marangal na Muṣḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito

Ang Pagpapakilala sa Muṣḥaf:

Ang Muṣḥaf ay ang aklat na naglalaman ng Marangal na Qur'ān.

Naglalaman ito ng 114 sūrah, nagsisimula ito sa Sūrah Al-Fātiḥah, at nagwawakas ito sa Sūrah An-Nās.

Ang Pagkakinakailangan ng Pagdakila sa Muṣḥaf:

Ang pagdakila sa Muṣḥaf ay kinakailangan sa bawat Muslim.

Ang paghamak sa Muṣḥaf ay kawalang-pananampalataya kay Allāh.

2. Ang Marangal na Muṣḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito

Ang mga Etiketa ng Pakikitungo sa Muṣḥaf:

Ang Pangangalaga sa Muṣḥaf, ang Paglilinis Nito, at ang Hindi Paghahantad Nito sa Pagkasira.

Ang Hindi Pagsaling ng Muṣḥaf Nang Walang Tahārah.

Ang Pagbabawal sa Paghamak sa Muṣḥaf.

3. Ang Pagpapakahulugan sa Āyatulkursīy.

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang Mapagpanatili ay: ang nagpapanatili sa bawat anumang kabilang sa mga pumapatungkol sa nilikha Niya.

Ang antok: magaang tulog.

Nakabibigat sa Kanya: nagpapawalang-kakayahan sa Kanya.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang Āyatul kursīy ay pinakadakilang āyah sa Qur'ān.

Nagpatunay ang Āyatulkursīy sa pagkakalarawan kay Allāh sa bawat kalubusan at pagkakaila ng bawat kakulangan sa Kanya.

Ang kursīy ay isang dakilang nilikha na sumasakop sa mga langit at lupa.

4. Ang Pagpapakahulugan Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-'Aşr

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Nagpalibang sa inyo: nag-abala sa inyo.

Ang pagpaparamihan: ang pagyayabangan sa mga yaman at mga anak.

Dumalaw kayo: pinapanaw kayo at inilibing kayo.

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Nagbibigay-babala si Allāh sa mga lingkod Niya laban sa mga hilakbot sa Araw ng Pagbangon.

Tutuusin ang mga tao sa mga biyaya na hindi sila nagsagawa ng pagpapasalamat sa mga ito.

Ang lahat ng mga tao ay nasa isang kalugihan maliban sa mga nagsagawa ng apat na bagay: ang pananampalataya - ang paggawa - ang pag-aanyaya tungo kay Allāh - ang pagtitiis.

5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Humazah at Sūrah Al-Fīl.

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Palalibak na mapanirang-puri: namimintas ng mga tao at nanlilibak sa kanila.

Talagang ihahagis nga siya: talagang ibabato nga siya at ihahagis nga siya.

Ang Mapangwasak: apoy na wawasak sa bawat itatapon doon.

Nakataklob: nakapinid.

Ibon na kawan-kawan: mga nagkakasunurang grupo ng ibon.

Luwad na nanigas: puting na nagsabato.

gaya ng uhay: gaya ng mga dahon ng natuyong pananim na kinainan ng mga hayop, pagkatapos itinaon.

5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Humazah at Sūrah Al-Fīl

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Ang panlilibak, ang paninirang-puri, panunuya, at ang panunuya ay nagpapalaganap ng pagkamuhi sa pagitan ng mga tao.

Ang mga kaasalang masagwa ay kadahilanan ng pagdurusa sa Kabilang-buhay.

Ang kakayahan ni Allāh laban sa sinumang lumalabag sa mga pinakababalan ni Allāh.

6. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Dahil sa pagkahirati ng Quraysh: alang-alang sa kaugalian nila at nakagisnan nila.

Nagsasalya: nagtutulak nang may karahasan at panghahamak.

Nagpapakitang-tao: naglalantad ng paggawa ng kabutihan bilang pakitang-tao.

Ang munting tulong: ang kinakailangan ng mga tao na mga sisidlan at tulad ng mga ito.

Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa mga marangal na āyah:

Ang biyaya ng katiwasayan at ang pagkakaroon ng makakain at maiinom ay kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya ni Allāh (napakataas Siya).

Ang mga tagapagpasinungaling ng Kabilang-buhay ay hindi gumaganap sa karapatan ni Allāh ni sa karapatan ng mga lingkod Niya.

Ang pagkapanganib ng pagpapaliban ng salah nang lampas sa oras nito.

Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagpapabusilak

1. Ang Kainaman ng Tawhīd at ang Katayuan Nito

A. Pagbibigay-kahulugan sa Tawhīd:

Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh sa anumang natatangi sa Kanya na Pagkapanginoon, Pagkadiyos, at mga Pangalan at mga Katangian.

B. Ang Kainaman ng Tawḥīd at ang Katayuan Nito:

Ang Tawḥīd ay ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya.

Ang Tawḥīd ay ang layon na dahil dito nilikha ni Allāh ang nilikha.

Ang pag-aanyaya para sa Tawḥīd ay ang layon ng pagsusugo sa mga sugo.

Ang Kundisyon ng Pagtanggap sa mga Gawain.

Ang Tawḥīd ay isang kadahilanan sa pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa.

2. Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon:

Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh – tanging sa Kanya – sa mga gawain Niya na natatangi Siya sa mga ito gaya ng paglikha, pagtustos, at pangangasiwa.

B. Ang Pamamaraan ng Pagsasakatotohanan ng Pananampalataya sa Pagkapanginoon:

Na sumampalataya tayo na si Allāh ay nagtatangi ng mga sumusunod na bagay:

Ang Paglikha at ang Pagtustos - Ang Paghahari at ang Pangangasiwa - Ang Pagpapakinabang at

ang Pagpinsala - Ang Pagbibigay-buhay at ang Pagbibigay-kamatayan.

C. Kabilang sa Kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon:

Ang Pagkakaila sa Kairalan ni Allāh.

Ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid (Ghayb).

Ang pag-aangkin na ang iba pa kay Allāh ay namamatnugot sa Sansinukob gaya ng pagpapatamo ng panustos o nagmamay-ari ng pagpapakinabang at pagpinsala.

3. Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Tawḥīd ng Pagkadiyos:

Ito ay pagbubukod-tangi kay Allāh (napakataas Siya) sa lahat ng mga uri ng pagsamba:

Ang mga Pagsambang Pampuso - Ang mga Pagsambang Pangsinasabi - Ang mga Pagsambang Pangkatawan.

B. Ang Kaugnayan sa Pagitan ng Tawḥīd ng Pagkadiyos at Tawḥīd ng Pagkapanginoon:

Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay nag-oobliga ng Tawḥīd ng Pagkadiyos.

Ang pagkilala sa Tawḥīd ng Pagkapanginoon ay hindi maipapalit sa Tawḥīd ng Pagkadiyos.

3. Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos

C. Kabilang sa kumukontra sa Tawḥīd ng Pagkadiyos:

Ang pagsamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya).

Ang pagdalangin sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya).

Ang pamamanata o ang pag-aalay para sa iba pa kay Allāh.

4. Ang Tawḥīd sa mga Pangalan at mga Katangian

Una: Ang Kahulugan ng Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian

Ito ay ang pananampalataya sa mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya na nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

B. Ang mga Pangalan ni Allāh:

Ang mga ito ay ang mga pangalan na nagtangi sa pamamagitan ng mga ito si Allāh sa sarili Niya.

Ang mga pangalan ni Allāh ay nagpapahiwatig ng mga katangian Niya sapagkat ang bawat

pangalan ni Allāh ay naglalaman ng katangian na ipinahihiwatig ng pangalan.

C. Ang mga Katangian ni Allāh:

Ang mga ito ay ang mga katangian na pinagtibay ni Allāh para sa sarili Niya at nagpapahiwatig sa kalubusan. Kaya naman kinakailangan ang pagpapatibay ng mga ito para kay Allāh (napakataas Siya).

Ang mga Katangiang Ikinakaila kay Allāh (napakataas Siya). Ang mga ito ay ang mga katangian ng kakulangan gaya ng pagtulog, kawalang-katarungan, at tulad ng mga ito.

5. Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito

Una: Ang Pagbibigay-kahulugan sa Pagsamba:

Ito ay ang anumang naiibigan ni Allāh at kinalulugdan Niya na mga sinasabi at mga ginagawang nakakubli at nakalantad.

Ikalawa: Ang mga Bahagi ng Pagsamba:

Ang mga pagsambang nakakubli ay: ang mga pagsambang pampuso, gaya ng pag-ibig, pangamba, at pag-asa.

Ang mga pagsambang nakalantad ay tatlong uri:

Mga Pagsambang Pangsinasabi - Mga Pagsambang Pangginagawa - Mga Pagsambang Pampananalapi.

5. Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito

C. Ang Kahalagahan ng Pagsamba:

Ito ay ang layon na alang-alang dito ay nilikha ang tao.

Ito ang layon ng pagsusugo sa mga sugo.

D. Ang Bunga ng Pagsamba:

Ang pagsamba ay kadahilanan ng kaligayahan sa Mundo at Kabilang-buhay.

6. Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito

A. Ang mga Kundisyon ng Pagsamba:

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagpapakawagas:

Ito ay na magpakay ang tao sa puso niya ng kaluguran ng mukha ni Allāh sa lahat ng mga gawain niya at mga sinasabi niya.

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pakikipagsunuran:

Naisasakatotohanan ito sa pamamagitan ng pagsamba ng Muslim sa Panginoon niya alinsunod

sa pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

6. Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito

B. Ang mga Haligi ng Pagsamba:

Ang Unang Haligi: Ang Pag-ibig kay Allāh.

Ang Ikalawang Haligi: Ang Pag-asa.

Ang Ikatlong Haligi: Ang Pangamba.

7. Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito

A. Ang mga Patunay ng Pagkadagdag ng Pananampalataya at Pagkabawas Nito:

B. Mga Gawaing Nakadaragdag ng Pananampalataya:

Ang Pagkakilala kay Allāh at ang Kaalaman sa Kanya.

Ang Pag-ibig kay Allāh (Napakataas Siya)

Ang Kagandahan ng Kaasalan

C. Mga Gawaing Nakababawas ng Pananampalataya:

Ang lahat ng mga pagsuway ay nakababawas sa pananampalataya. Nadaragdagan ang pagkabawas sa pamamagitan ng paggawa ng malalaking kasalanan.

D. Ang Pagkakalamangan ng mga May Pananampalataya:

Ang mga mananampalataya ay mga nagkakalamangan sa pananampalataya alinsunod sa mga gawa nila at pagpapakawagas nila kay Allāh sa mga gawang ito.

Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta

1. Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya

A. Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya na mga Muslim:

Ang Paggalang ng Propeta sa mga Kamag-anak Niya.

Ang Pagkatuwa ng Propeta sa Kanila at ang Pagkalungkot Niya Para sa Kanila.

Ang Pag-aalaga ng Propeta sa mga Anak Nila.

B. Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya na Hindi mga Muslim:

Ang Pagsisigasig sa Pagpasok Nila sa Islām.

Ang Pagtitiis ng Propeta sa Pamemerhuwisyo Nila.

Ang Pagkaawa ng Propeta sa Kanila at ang Pagdalangin Niya Para sa Kanila.

Ang Pagpapanatili ng Propeta ng Ugnayan sa Kaanak Niya.

Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kapit-bahay Niya.

Ang Paggawa ng Maganda sa mga Kapit-bahay.

Ang Pag-alalay sa mga Kapit-bahay at ang Pagkaibig ng Kabutihan Para sa Kanila.

Ang Pakikilahok sa mga Kapit-bahay sa mga Tuwa Nila at mga Lungkot Nila.

Ang Pagbata ng Perhuwisyo ng mga Kapit-bahay.

Ang Pagpigil ng Perhuwisyo sa mga Kapit-bahay.

3. Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata.

A. Ang Pagpapahalaga sa Kanila Magmula ng Pagkapanganak:

Ang Pagsasagawa ng Adhān sa Tainga ng Sanggol.

Ang Pagsasagawa ng Taḥnīk sa Sanggol.

Ang pagsasagawa ng ruqyah (orasyon) sa mga bata at ang pagsasagawa ng ta`wīdh (pagdalangin ng pagpapakupkop) sa kanila.

B. Ang Pakikitungo sa Kanila Nang May Pagkaawa, Pagpapakumbaba, at Paggalang:

Ang Pagkarga Niya sa mga Bata.

Ang Pakikilahok sa Kanila sa Laro.

Ang Pakikilahok sa Kanila sa Pagkain at ang Paggabay sa Kanila sa mga Etiketa Nito.

Ang Paggalang sa Kanila at ang Pangangalaga sa mga Karapatan Nila.

3. Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata.

C. Ang Sigasig sa Edukasyon Nila at Pagtuturo sa Kanila:

Ang Pagtuturo sa Kanila ng Pagbabasa at Pagsulat.

Ang Pagtuturo sa Kanila ng Tumpak na Paniniwala.

Ang Pag-uutos ng Propeta ng Pagpapahirati sa Kanila sa mga Pagsamba at mga Kaasalan.

Ang Pagsaway ng Propeta Laban sa Pakikiwangis ng mga Bata sa mga Tagatangging Sumampalataya.

4. Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Hindi Muslim

A. Ang Hindi Pamimilit sa Relihiyon:

B. Ang Pag-aanyaya sa Kanila sa Islām sa Pamamagitan ng Pinakamaganda:

C. Ang Paggawa ng Maganda sa Pakikitungo sa Kanila:

D. Ang Katarungan sa Kanila at ang Pagbabawal ng Kawalang-katarungan sa Kanila:

E. Ang Pagtupad sa mga Personal na Karapatan Nila:

5. Ang mga Karapatan ng Muslim

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang karapatan ng Muslim sa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagdalo sa libing, ang pagtugon sa paanyaya, at ang pagsasagawa ng tashmīt sa bumahin."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Pagdawal: pagbisita.

Ang pagsasagawa ng tashmīt sa bumahin: ang pagdalangin para sa kanya sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Yarḥamukumu –llāh (Kaawaan kayo ni Allāh)."

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Hurayrah `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

5. Ang mga Karapatan ng Muslim

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang Pagdakila ng Sharī`ah sa mga Karapatan ng Muslim.

Ang Pagpapahalaga ng Islām sa Nagbubuklod sa mga Puso ng mga Muslim.

Ang limang bagay na ito ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga karapatan ng kapatirang Islāmiko.

6. Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang sinumang umibig na paluwagin para sa kanya ang panustos sa kanya, antalaan para sa kanya sa taning niya, at pagpalain sa edad niya

ay magpanatili siya ng ugnayan sa kaanak niya."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Antalaan: humaba o pagpalain.

Taning niya: edad niya.

Ang Tagapagsalaysay:

Anas bin Mālik Al-Anṣārīy.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

6. Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang Pagpapaibig sa Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak:

Ang Pagpapahalaga ng Islām sa mga Aspeto ng Buhay Panlipunan.

Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay isang kadahilanan ng pagpapala ng buhay, lawak ng pagtustos, at magandang pagbubunyi.

7. Ang Pagkaawa at ang Paggalang

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang sinumang hindi naaawa sa nakababata sa atin at hindi nakakilala sa karapatan ng nakatatanda sa atin ay hindi kabilang sa atin "

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Hindi kabilang sa atin: hindi tagasunod sa sunnah natin.

Ang Tagapagsalaysay:

`Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ Al-Qurashīy.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

7. Ang Pagkaawa at ang Paggalang

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang kahalagahan ng pagkaawa at lalo na sa mga bata.

Ang pagpipitagan sa mga matanda at mga may mataas na katayuan at ang paggalang sa kanila.

Ang pagkaawa at ang paggalang ay kabilang sa mga tatak na ikinabubukod ng lipunang Muslim.

8. Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa kapit-bahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa

Huling Araw ay magparangal siya sa panauhin niya."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Manahimik siya: tumahimik siya.

Magparangal siya sa kapit-bahay niya: magpaganda siya ng pakikitungo rito.

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Hurayrah.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

8. Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang pagpapaibig sa pagsasalitang kaaya-ayang napakikinabangan at ang pagwaksi sa kawalang-kapararakan at kabulaanan.

Ang paggawa ng maganda sa mga Kapitbahay ay bahagi ng kalubusan ng pananampalataya.

Ang kainaman ng pagpaparangal sa panauhin.

9. Ang Balanse at ang Kaigihan

Ang Teksto ng Ḥadīth:

Nagsabi si Salmān Al-Fārsīy kay Abū Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanilang dalawa):
"Tunay na ang Panginoon mo sa iyo ay may

karapatan, ang sarili mo sa iyo ay may karapatan, at ang mag-anak mo sa iyo ay may karapatan. Kaya magbigay ka sa bawat may karapatan ng karapatan nito." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsabi ng totoo si Salmān."

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ang mga Katuturan at ang mga Pagpapanuto:

Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan niya at ang hindi pagkukulang sa isang karapatan kabilang sa mga karapatan.

Ang pagtigil sa pag-aatang sa sarili ng hindi nito nakakaya na pagsamba.

Ang pagsasaalang-alang ng Islām sa naturalesa ng tao at mga pangangailangan niyang pang-espirituwal at pampisikal.

Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakarán

1. Ang mga Patakarán ng Wuḍū'

A. Ang mga Tungkulin sa Wuḍū' ay Anim:

Ang paghuhugas ng mukha at bahagi nito ang pagmumumog at ang pagsinghot ng tubig.

Ang paghuhugas ng mga kamay kasama ng mga siko.

Ang Pagpahid sa Ulo.

Ang paghuhugas ng mga paa kasama ng mga bukungbukong.

Ang Pagkakasunud-sunuran.

Ang Pagkatuluy-tuloy.

1. Ang mga Patakarán ng Wuḍū'

B. Ang mga Sunnah ng Wuḍū':

Ang paghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit sa pagsisimula ng wuḍū'.

Ang maḍmaḍah (pagmumumog) at ang istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig) bago ng paghuhugas ng mukha at ang pagpapasidhi sa dalawang ito para sa hindi nag-aayuno.

Ang [paggamit ng] siwāk.

Ang Pagtatlong Ulit.

Ang Pagkakanan.

1. Ang mga Patakarán ng Wuḍū'

C. Ang mga Tagasira ng Wuḍū':

Ang anumang lumabas mula sa dalawang labasan ng ihi at dumi.

Ang pagsaling sa ari nang walang harang.

Ang paglaho ng isip.

Ang pagkain ng karne ng kamelyo.

2. Ang mga Kundisyon ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang mga Kundisyon ng Pagsasagawa ng Ṣalāh:

Ang pagkaanib sa Islām.

Ang pagkakaroon ng Isip.

Ang pagkakasagawa ng ṭahārah mula sa malaking ḥadath at maliit na ḥadath.

Ang ṭahārah ng katawan, kasuutan, at lugar.

Ang pagpasok ng oras.

Ang pagtatakip ng kahubaran.

Ang pagharap sa Qiblah.

Ang layunin.

3. Ang mga Haligi ng Ṣalāh at ang mga Kinakailangan sa mga Ito

A. Ang mga Haligi ng Ṣalāh:

1. Ang pagtayo sa ṣalāh na tungkulin.

2. Ang pagsasagawa ng takbīratu -l-iḥrām (takbīr ng pagpapasimula).

3. Ang pagbigkas ng Al-Fātiḥah.
4. Ang pagyukod.
5. Ang pagtuwid mula sa pagkakayukod.
6. Ang pagpapatirapa.
7. Ang pagtuwid mula sa pagkakapatirapa.
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa.

3. Ang mga Haligi ng Ṣalāḥ at ang mga Kinakailangan sa mga Ito

A. Ang mga Haligi ng Ṣalāḥ:

9. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud.
 10. Ang Pagbigkas ng Huling Tashahhud.
 11. Ang pagsambit ng basbas sa Propeta sa Huling Tashahhud.
 12. Ang Pagkakasunud-sunod sa Pagitan ng mga Haligi.
 13. Ang Taslīm.
 14. Ang Kapanatagan sa Lahat ng mga Haligi.
3. Ang mga Haligi ng Ṣalāḥ at ang mga Kinakailangan sa mga Ito
- B. Ang mga Kinakailangan sa Ṣalāḥ:

Ang lahat ng mga takbīr na iba sa takbīratu -l-ihṛām.

Ang pagsabi ng: "Subḥāna rabbiya -l'aḏīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)."

Ang pagsabi ng: "Subḥāna rabbiya -l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)."

Ang pagsabi ng imām at munfarid ng: "Sami`a -llāhu liman ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)" sa sandali ng pag-angat mula sa pagkakayukod.

Ang pagsabi ng: "Rabbanā wa-laka -lḥamd (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri)" sa sandali ng pagtuwid mula sa pagkakayukod.

Ang pagsabi ng: "Rabbi -ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)" sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.

Ang Unang Tashahhud at ang pag-upo para rito.

4. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito.

A. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh:

1. Ang mga Sunnah na Pangginagawa. Kabilang sa mga ito:

Ang Istiftāh (Du`ā' sa Pagpapasimula sa Salāh)
- Ang Ta`awwudh (Panalangin ng Pagpapakupkop) - Ang Pagbigkas ng Isang Sūrah Matapos ng Al-Fātiḥah - Ang Pag-amen - Ang Anumang Lumabis sa Isang Beses sa Tasbīḥ - Ang Du`ā' Matapos ng Huling Tashahhud.

2. Ang mga Sunnah na Pangginagawa.
Kabilang sa mga ito:

Ang pag-angat ng mga kamay sa sandali ng takbīr.

Ang pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang kamay habang nasa pagtayo.

Ang paglagay ng mga kamay sa mga tuhod habang nasa pagkakayukod

Ang paglagay ng mga kamay sa mga hita sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.

Ang pagtingin sa puwesto ng pagpapatirapaan ng noo.

4. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito.

B. Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Ṣalāh:

Kabilang sa mga Ito: Ang Pag-iwan sa Isang Haligi Nang Sadyaan - Ang Pag-iwan sa Isang Kinakailangan Nang Sadyaan - Ang Pag-iwan sa Isang Kundisyon Nang Sadyaan - Ang Pagkain at ang Pag-inom Nang Sadyaan - Ang Pagsasalita

Nang Sadyaan Dahil sa Hindi Kapakanan ng Ṣalāh
- Ang Paghalakhak Nang Sadyaan - Ang Maraming
Pagkilos ng Hindi Kauri ng Ṣalāh.

5. Ang Ṣalāh sa Jamā`ah

A. Ang mga Patakarán sa Ṣalāh sa Jamā`ah:

Ang ṣalāh sa jamā`ah (kongregasyon) ay kinakailangan sa lalaking nakapag-uunawang adulto.

Ang pinakakaunting bilang na naidaraos sa pamamagitan nito ang ṣalāh sa jamā`ah ay dalawang tao.

B. Ang mga Kainaman ng Ṣalāh sa Jamā`ah:

Ang ṣalāh sa jamā`ah ay higit na lamang kaysa sa ṣalāh ng individuwal.

Kadahilanan ng Pagpasok sa Paraiso.

Ang Kalamangan ng Ṣalāh na `Ishā' at Fajr sa Jamā`ah.

Ang Pag-angat sa mga Antas at ang Pagtatakip-sala sa mga Sala.

6. Ang Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang Kainaman ng Ṣalāh sa Jumu`ah:

Ang Kahatulan sa Ṣalāh sa Jumu`ah:

Ang Pagkakalarawan sa Ṣalāh sa Jumu`ah:

Nagsesermon ang imām bago ng ṣalāh ng dalawang sermon (khuṭbah).

Ang ṣalāh sa Jumu`ah ay dalawang rak`ah sa isang konggregasyon nang malakas ang bigkas sa masjid.

Ang pagbigkas ng Sūrah Al-Jumu`ah at Sūrah Al-Munāfiqūn o Sūrah Al-A`lā at Sūrah Al-Ghāshiyah.

6. Ang Ṣalāh sa Jumu`ah

Ang mga Etiketa ng Ṣalāh sa Jumu`ah:

Ang pagpaligo, ang pagpapabango, ang pagsusuot ng pinakamaganda sa mga kasuutan, at ang pagpunta nang maaga sa ṣalāh.

Ang dalas ng pagdalangin ng basbas para sa Propeta.

Ang dalas ng pagdalangin dala ng paghahanap ng oras ng pagtugon.

Ang pananahimik para sa khuṭbah at ang pagtigil sa paglilikut sa sandali nito.

7. Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob

Ang Ṣalāh na Witr:

Ang mga Sunnah Rātibah:

Ang Ṣalāh na Tarāwīḥ:

Ang Ṣalāh sa Duḥā:

Ang Pagkukusang-loob na Walang-takda:

Ang Pinakamainam Nito: Pagdarasal sa Gabi (Qiyāmullayl).

7. Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob

Isinasabatas ang pagdarasal ng nāfilah maliban sa mga sumusunod na oras:

mula sa matapos ng ṣalāh na fajr hanggang sa pag-angat ng araw;

kapag malapit na ang oras ng ṣalāh sa Dhuhr

mula sa matapos ng `aṣr hanggang sa lumubog ang araw.

8. Ang Zakāh

Ang Kahatulan sa Zakāh:

Ang zakāh ay kabilang sa mga tungkulin sa Relihiyong Islām. Ito ay ang ikatlong haligi mula sa mga haligi ng Islām.

Ang Kasanhian ng Pagkaisinasabatas ng Zakāh:

Ang mga Yaman na Kinakailangan sa mga Ito ang Zakāh:

Ang mga salapi, na sumasaklaw sa ginto, pilak, at pera.

Ang mga paninda ng pangangalakal, tulad ng pangangalakal ng real estate, mga sasakyan, at lahat ng mga uri ng mga paninda.

Ang mga pananim, tulad ng trigo, palay, datiles, at ubas.

Ang mga hayupan, na sumasaklaw sa kamelyo, baka, at tupa.

Ang mga Gugulin ng Zakāh:

Ang Walong Uri: Ang mga Maralita - Ang mga Dukha - Ang mga Manggagawa sa mga Ito - Ang mga Napalulubag-loob ang mga Puso - Sa Pagpapalaya ng Alipin - Ang mga Nagkakautang - Sa Landas ni Allāh - Ang Kinapos sa Daan.

9. Ang Pag-aayuno

Ang mga Kainaman ng Buwan ng Ramaḍān:

Kabilang sa mga kainaman nito: ang kapatawaran ng mga pagkakasala at ang pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa.

Ang mga Kundisyon ng Pag-aayuno:

- Ang pagkaanib sa Islām.
- Ang bulūgh (kasapatang gulang).
- Ang pagkakaroon ng isip.

- Ang kakayahan sa pag-aayuno.
- Ang pagkatigil ng dugo ng regla at nifās.
- Ang layunin.

9. Ang Pag-aayuno

Ang mga Sunnah ng Pag-aayuno:

Ang pagdadali-dali sa pagtigil-ayuno.

Ang pagtigil-ayuno sa pagkain ng mga manibalang datiles o mga hinog na datiles o tubig.

Ang pagpapahuli sa pagkain ng saḥūr.

Ang pagpaparami ng mga gawain ng kabutihan.

Ang pagdalangin sa sandali ng pagtigil-ayuno.

9. Ang Pag-aayuno

Ang Tagapagpawalang-saysay sa Pag-aayuno:

1. Ang pakikipagtalik.
2. Ang paglabas ng punlay.
3. Ang pagkain at ang pag-inom nang sinasadya.
4. Ang pagpapaabot ng tubig at tulad nito sa sikmura.
5. Ang pagsusuka nang sadyaan.
6. Ang pagpapasailalim sa ḥijāmah.

10. Ang Ḥajj

Ang Kahatulan sa Ḥajj:

Ang ḥajj ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Islām. Ito ay isang kinakailangan sa nakakakaya isang beses sa tanang buhay.

Ang Kainaman ng Ḥajj:

Ang pagtatakip-sala sa mga kasalanan at mga pagkakasala - Kabilang sa pinakamainam sa mga gawain sa Relihiyong Islām.

Ang mga Kundisyon ng Ḥajj:

Ang Pagkaanib sa Islām - Ang Bulūgh (Kasapatang Gulang) - Ang Pagkakaroon ng Isip - Ang Kakayahan - Ang Pagkakaroon ng Maḥram Kasama ng Babae.

10. Ang Ḥajj

Ang mga Haligi ng Ḥajj:

Ang iḥrām.

Ang pagtigil sa `Arafah.

Ang pagsasagawa ng ṭawāf ng ifāḍah.

Ang Pagsasagawa ng Sa`y sa Pagitan ng Ṣafā at Marwah.

Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Etiketa at ang mga Kaasalan

1. Ang Kagandahan ng Kaasalan

Ang Kagandahan ng Kaasalan

Ito ay ang pagkakaloob ng nakabubuti sa mga tao at ang pagwaksi sa pamemerhuwisyo sa kanila sa sinasabi o ginagawa.

Ang mga Kainaman ng Kagandahan ng Kaasalan:

Kadahilanan ng Pagpasok sa Paraiso.

Ang pag-angat sa mga antas.

Palatandaan sa pagkakumpleto ng pananampalataya.

Ang paggaya sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) at ang pagsunod sa patnubay niya.

Ang pagsasakatotohanan sa pag-ibig ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagkalapit sa kanya sa Araw ng Pagbangon.

Ang pagsasakatotohanan ng pag-ibig ng mga tao at paggalang nila.

2. Ang Katangian ng Katapatan

Ang Konsepto ng Katapatan:

Ito ay ang pakikipagtugma ng sinasabi sa ginagawa at ng panlabas sa panloob at ang pagsasalita ng reyalidad.

A. Ang mga Larangan ng Katapatan

Ang katapatan kay Allāh sa pamamagitan ng pagsasaayos ng layunin at pakay.

Ang katapatan ng dila sa pamamagitan ng pakikipagtugma ng pananalita sa reyalidad.

Ang katapatan sa paggawa sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng ginagawa sa sinasabi.

2. Ang Katangian ng Katapatan

* Ang mga Kainaman ng Katapatan:

Ang katapatan ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso.

Ang katapatan ay kabilang sa mga katangian ng mga sugo at inutusan nga tayo ng pagtulad sa kanila.

Ang katapatan ay lumalahok sa pagpapalaganap ng pag-ibig at pagmamahal sa gitna ng mga individuwal ng lipunan.

3. Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)

A. Ang Konsepto ng Pagkamapagkakatiwalaan:

Ito ay ang pagganap sa mga karapatan ni Allāh at mga karapatan ng mga tao.

B. Ang mga Anyo ng Pagkamapagkakatiwalaan:

Ang Pagkamapagkakatiwalaan sa Relihiyon -
Ang Pagkamapagkakatiwalaan sa mga Dangal -
Ang Pagkamapagkakatiwalaan sa mga Yaman -
Ang Pagkamapagkakatiwalaan sa Trabaho - Ang
Pagkamapagkakatiwalaan sa Kaalaman - Ang
Pagkamapagkakatiwalaan sa mga Lihim at mga
Kasunduan - Ang Pagkamapagkakatiwalaan sa
mga Pandama at mga Bahagi ng Katawan.

3. Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)

C. Ang mga Kainaman Pagkamapagkakatiwalaan:

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga katangian ng mga propeta.

Ang pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa pinakadakila sa mga sangay ng pananampalataya.

Ang pagwawala ng pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa mga palatandaan ng Huling Sandali.

4. Ang Katangian ng Pagtitiis

A. Ang Konsepto ng Pagtitiis:

Ang pagtitiis ay isang kaasalang nagpapatibay sa Muslim sa pagtalima at paglayo sa pagsuway at sa pagkalugod sa pagtatakda.

B. Ang mga Uri ng Pagtitiis:

Ang pagtitiis sa pagtalima kay Allāh.

Ang pagtitiis sa pagpipigil sa pagsuway kay Allāh.

Ang pagtitiis sa kasawian.

4. Ang Katangian ng Pagtitiis

C. Ang mga Kainaman ng Pagtitiis:

Lulubus-lubusin ang mga nagtitiis sa pabuya sa kanila nang walang pagtutuos.

Ang pagtitiis ay kabilang sa mga katangian ng mga propeta.

Si Allāh (napakataas Siya) ay kasama ng mga nagtitiis.

5. Ang Katangian ng Pagkahiya

A. Ang Konsepto ng Pagkahiya:

Ito ay isang kaasalang humihimok sa tao sa paggawa ng maganda at pagwaksi ng pangit na mga sinasabi at mga ginagawa.

B. Ang mga Uri ng Pagkahiya:

Ang pagkahiya ay mula kay Allāh (napakataas Siya).

Ang pagkahiya sa sarili.

Ang pagkahiya sa mga tao.

5. Ang Katangian ng Pagkahiya

C. Ang mga Kainaman ng Pagkahiya:

Ang pagkahiya ay isang kaasalang iniibig ni Allāh (napakataas Siya).

Ang pagkahiya ay kabilang sa pinakadakila sa mga sangay ng pananampalataya.

Ang pagkahiya ay walang inihahatid kundi kabutihan.

6. Ang Katangian ng Katarungan

A. Ang mga Kainaman ng Katarungan:

Ito ay: ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito at ang pagpapakapatas sa pakikitungo nang walang pagtatangi sa mga tao.

B. Ang mga Anyo ng Katarungan:

Ang paggawa ng mga tungkulin at ang pagganap ng mga karapatan.

Ang paghatol sa mga tao ayon sa katarungan.

C. Ang Pamamaraan ng Pagsasakatotohanan sa Katarungan:

Ang pagpapatupad ng mga patakarang pang-Shari`ah.

Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito at ang pagwaksi ng pagtatangi-tangi sa pagitan ng mga tao.

Ang pangamba kay Allāh at ang kaalaman na Siya ay gaganti sa tagalabag sa katarungan sa Araw ng Pagbangon.

6. Ang Katangian ng Katarungan

D. Ang mga Kainaman ng Katarungan:

Ang pag-uutos ni Allāh (napakataas Siya) ng katarungan.

Ang katarungan ay isang kadahilanan ng estabilidad ng lipunan.

Ang Ikaanim na Yunit: Ang Pag-aanyaya

1. Ang Katayuan ng Pagpapayo

A. Ang Konsepto ng Pagpapayo:

Ito ay ang pagnanais ng kabutihan sa pinapayuhan, ang pag-aanyaya sa kanya tungo sa may kaayusan, at ang pagsaway sa may katiwalian.

B. Ang Katayuan ng Pagpapayo:

Ang Relihiyon ay ang pagpapayo sapagkat ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng pananatili ng Relihiyon.

Ang pagpapayo ay gawain ng mga propeta.

Ang pagpapayo ay daan ng pagsasaayos ng lipunan.

Ang pagpapayo ay daan ng kaligāyahan sa Mundo at Kabilang-buhay:

Ang pagpapayo ay kabilang sa mga uri ng pakikibaka.

Ang pagpapayo ay pangangalaga laban sa pagdurusa.

2. Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

A. Ang mga Etiketang Natatangi sa Tagapagpayo:

1. Ang pagpapakawagas.
2. Ang pagtitiis.
3. Ang pagkamapagkakatiwalaan.
4. Ang kabaitan sa pinapayuhan.
5. Ang kalihiman sa paghahain ng payo.
6. Ang pagkaawa sa pinapayuhan.
7. Ang paggawa ng tagapagpayo ng ipinapayo niya sa iba.

8. Ang kaalaman at ang pagkakaalam sa ipinapayo.

9. Ang pagsasaalang-alang sa kalagayan ng pinapayuhan.

2. Ang mga Etiketa ng Pagpapayo

B. Ang mga Kaasalang Natatangi sa Pinapayuhan:

Ang pagpapakatiyak sa katumpakan ng pananalita ng tagapagpayo.

Ang pagtanggap ng payo at ang pagwaksi ng pagpapakamalaki.

Ang paggawa ayon sa payo.

Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan

1. Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Qur'ān at Pagtuturo Nito

Ang Kahalagahan ng Pagkatuto ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān:

Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān:

Ang Kainaman ng Pagtuturo ng Marangal na Qur'ān:

Ang Kainaman ng Pagsusumikap sa Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān:

2. Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah

Ang Paglilinaw at ang Pagpapakahulugan:

Sumasaklaw ang dalawang marangal na āyah na ito sa dalawang bagay:

Ang pagsasaksi sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa Propeta at mga Kasamahan niya sa pamamagitan ng mga haligi ng pananampalataya.

Ang paglilinaw sa pamamaraan ng pagdalangin kay Allāh.

Kabilang sa mahihinuha mula sa dalawang marangal na āyah:

Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo.

Ang pagkakinakailangan ng pagdinig at pagtalima kay Allāh (napakataas Siya) at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Ang kadalian ng Batas ng Islām.

3. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, Sūrah At-Tīn

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Nagpakulimlim: nagpadilim.

Nasuklam: namuhi.

Naghihikahos: maralita.

Nakabigat: nagpabigat.

Magpakapagal ka: magsumikap ka sa maayos na gawa.

Kabundukan ng Sinai: bundok ng Tūr na kumausap si Allāh sa ibabaw nito kay Moises - sumakanya ang pangangalaga.

Matitigil: mapuputol.

3. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, at Sūrah At-Tīn

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang pagpaparangal ni Allāh sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at ang pag-aalaga Niya rito.

Ang pagkaawa ni Allāh sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng pagpapadali ng mga bagay-bagay sa kanila.

Nagparangal si Allāh sa tao sapagkat lumikha Siya rito sa pinakamagandang anyo.

4. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Malalinta: isang piraso ng dugong namuo.

Talagang hahablot nga Kami: talagang dadakma nga Kami.

Ang mga tagatanod: ang mga anghel ng pagdurusa.

Ang Espiritu: si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga).

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang kaalaman ay may dakilang katayuan sa Islām.

Ang Marangal na Qur'ān ay ibinaba ng pinakamabuti sa mga anghel sa pinakamabuti sa mga tao sa pinakamabuting gabi.

Ang Gabi ng Pagtatakda ay kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya ni Allāh sa atin.

5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Mga kumakalas: mga mag-iiwan ng nasa kanila na kawalang-pananampalataya.

Ang malinaw na patunay: ang maliwanag na patunay. Ang tinutukoy nito rito ay ang Sugo.

Ang sangkinapal: ang nilikha.

Ang mga pabigat nito: ang mga patay na inilibing dito.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Ang Marangal na Qur'ān ay kabilang sa pinakadakila sa mga katunayan ng katumpakan ng pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang mga mananampalataya na gumagawa ng mga maayos na gawa ay ang pinakamabuti sa nilikha ni Allāh.

Ang Araw ng Pagbangon ay isang nakapangingilabot na araw, na tutuusin dito ang tao sa bawat bagay.

6. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang mga [kabayong] tumatakbo: ang mga kabayong tumatakbo alang-alang sa landas ni Allāh.

Habang humihingal: tunog ng mga kabayo sa sandali ng pagtakbo.

Ang mga nagpapaningas habang nakikiskis: ang nagpapalabas ng mga dagitab mula sa mga kuko ng mga ito dahil sa tindi ng pagtakbo ng mga ito.

Ang pinakalat: ang kumakalat.

Kabilang sa mahihinuha mula sa mga marangal na āyah:

Kinakailangan ang pagpapasalamat sa mga biyaya at ang pagganap ng karapatan ni Allāh sa mga ito.

Nagbibigay-babala si Allāh sa mga mananampalataya laban sa mga hilakbot sa Araw ng Pagbangon para maghanda sila para rito sa pamamagitan ng gawang maayos.

Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak

1. Ang Kufr at ang Shirk

A. Ang Kufr:

Ito ay bawat paniniwala o ginagawa o sinasabi na nakasisira ng batayan ng Pananampalataya o kakumpletuhan nito.

Ang mga Uri ng Kufr:

Ang Malaking Kufr. Ito ay ang nakasisira sa batayan ng Pananampalataya.

Ang Maliit na Kufr. Ito ay ang hindi nakasisira sa kakumpletuhan ng Pananampalataya.

Kabilang sa mga halimbawa ng Malaking Kufr:

Ang pagkakaila sa kairalan ni Allāh.

Ang pagsabi ng pagkadiyos ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga).

Ang mga Masagwang Epekto ng Malaking Kufr:

1. Ang Kufr at ang Shirk

Kabilang sa mga halimbawa ng Maliit na Shirk:

Ang pakikipaglaban sa Muslim.

Ang paninirang-puri sa kaangkanan.

Ang mga Masagwang Epekto ng Maliit na Kufr:

B. Ang Shirk:

Ang Malaking Shirk:

Ito ay: ang pagpapatibay ng katambal kay Allāh (napakataas Siya).

Ang Maliit na Shirk:

Ito ay: ang bawat pagkakasala na tinawag sa Qur'ān o Sunnah na isang shirk subalit ito ay hindi umaabot sa Malaking Shirk.

2. Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw) at ang Riddah (Pagtalikod sa Islam)

C. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Nifāq (Pagpapaimbabaw):

Ito ay: ang paglalantad ng pananampalataya at ang pagkukubli ng kawalang-pananampalataya.

Ang mga Uri ng Nifāq:

Ang nifāq na pampaniniwala.

Ang nifāq na panggawain.

2. Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw) at ang Riddah (Pagtalikod sa Islam)

D. Ang Riddah:

Ito ay ang paglipat ng Muslim mula sa pananampalataya tungo sa kawalang-pananampalataya dahil sa sinasabi o ginagawa o pinaniniwalaan.

Ang mga Pagkakahayag ng Riddah:

Ang riddah sa pinaniniwalaan.

Ang riddah sa sinasabi.

Ang riddah sa ginagawa.

3. Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Bid`ah:

B. Ang Pagbibigay-babala sa Paggawa ng Bid`ah sa Relihiyon:

C. Ang mga Panuntunan sa Pag-alam sa Bid`ah:

3. Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito

D. Ang mga Uri ng mga Bid`ah sa Relihiyon:

Mga Bid`ah na Pampaniniwala.

Mga Bid`ah na Pangginagawa.

Mga Bid`ah na Pangsinasabi.

E. Ang Kahatulan sa Bid`ah:

4. Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili

A. Ang Konsepto ng Pagbubusilak sa Sarili:

B. Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili:

Ang pagbubusilak ay isa sa mga misyon ng mga propeta.

Ang pagbubusilak ay kadahilanan ng tagumpay.

Ang pagbubusilak ay dumadagdag sa pananampalataya ng tao.

Ang pagpapahalaga ng Propeta sa pagbubusilak ng sarili.

C. Ang Bunga ng Pagbubusilak sa Sarili:

5. Ang mga Paraan ng Pagbubusilak sa Sarili

Ang Tawḥīd ni Allāh (Napakataas Siya).

Ang pagpapatulong kay Allāh at ang pagdalangin sa Kanya.

Ang pag-iwas sa mga pagsuway.

Ang pagganap ng mga tungkulin.

Ang pag-alaala kay Allāh at ang pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Ang pagtuos sa sarili at ang pangangaral dito.
Ang pakikihalubilo sa mga maaayos.

6. Ang mga Gawain ng mga Puso

Ang layunin at ang pagpapakawagas kay Allāh.
Ang pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya.
Ang pangamba at ang pag-asa.
Ang pagsasaalang-alang.
Ang pagsisisi.
Ang pananalig.
Ang pagdakila sa mga sagisag ni Allāh.

Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta

1. Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang pagtalima sa Propeta.
Ang pag-ibig sa Propeta.
Ang paggalang sa Propeta at ang pagpipitagan sa kanya.

Ang pagsunod sa Sunnah ng Propeta.

Ang pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Propeta.

2. Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila

A. Ang Pagpapakilala sa Sambahayan ng Propeta

B. Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta

C. Ang mga Patakarang Natatangi sa Sambahayan ng Propeta

Ang pagbabawal sa pagbibigay sa kanila ng kawanggawa.

Ang pagdalangin ng basbas para sa kanila matapos ng pagdalangin ng basbas para sa Propeta.

Ang tagubilin ng Sugo hinggil sa kanila.

2. Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila

D. Ang mga Karapatan ng Sambahayan ng Propeta

Ang pag-ibig sa kanila at ang paggalang sa kanila.

Ang pagbabawal sa pag-alipusta sa kanila at pagsumpa sa kanila.

Tumatangging sumampalataya ang sinumang nanirang-puri kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya).

3. Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya

A. Ang mga Pagkakahayag ng Pagpapasidhi sa Karapatan ng Propeta

Ang pagpapalabis-labis sa paglalarawan sa Propeta.

Ang pagpapasaklolo sa Propeta.

Ang panunumpa sa Propeta.

B. Ang mga Pagkakahayag ng Pagkasuklam sa Karapatan ng Propeta

Ang kakauntian ng pagdakila sa Propeta.

Ang pagtanggì sa Sunnah ng Propeta at ang paggaya sa kanya.

Ang pagwaksi sa pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Propeta.

Ang kamangmangan sa talambuhay ng Propeta at mga kainaman niya.

3. Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya

C. Ang Pagpapasidhi at ang Pagkasuklam sa Karapatan ng Sambahayan:

Ang pagsabi ng pagkakapangalaga (iṣmah) ng Sambahayan laban sa mga pagkakasala.

Ang pag-aangkin na sila ay nakaaalam sa nakalingid.

Ang pagpapasaklolo sa kanila.

Ang pagsasagawa ng ṭawāf sa mga libingan nila at ang pagpapatirapa sa mga ito.

4. Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan at ang mga Karapatan Nila

A. Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan

Nagparangal sa kanila si Allāh sa pagkakasama ng Propeta at nagbalita Siya ng nakalulugod sa kanila hinggil sa pagpasok sa Paraiso.

Nagbunyi si Allāh sa mga kaasalan nila at mga gawain nila.

Ang mga Kasamahan ay ang pinakamainam sa Kalipunang Islām.

Ipinaabot nila sa atin ang Marangal na Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah.

Nag-adya sila sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nakibaka sila kasama siya.

4. Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan at ang mga Karapatan Nila

A. Ang mga Karapatan ng mga Kasamahan:

Ang pagkakinakailangan ng pag-ibig sa kanila, paggalang sa kanila, at pagpaparangal sa kanila.

Ang pagdalangin, ang paghingi ng tawad para sa kanila, at ang pagdalangin ng pagkalugod sa kanila.

Ang pagkabawal ng pag-alipusta sa kanila o panlalait sa kanila o pagmamaliit sa kanila.

Ang pagpapatibay sa mga pangkalahatan at pansariling kainaman nila.

Ang pagtatanggol sa kanila at ang pagtugon sa sinumang nagmamaliit sa karapatan nila.

5. Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Tanging ukol sa bawat tao ang nilayon niya. Kaya ang sinumang ang paglikas niya ay

tungo kay Allāh at sa Sugo Niya, ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang sinumang ang paglikas niya ay para sa isang kamunduhan na tatamuhin niya o sa isang babaing pakakasalan niya, ang paglikas niya ay tungo sa inilikas niya."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Ang layunin: ang pakay at ang tagatulak sa pagsasagawa ng gawain.

Tatamuhin niya: para sa kapakinabangan o katuturang makamundo.

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Ḥafṣ `Umar bin Al-Khaṭṭāb, ang Ikalawa sa mga Matinong Khalifah.

5. Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagpapakawagas ng layunin para kay Allāh ay isang kundisyon sa pagtanggap ng mga maayos na gawain.

Ang maayos na layunin ay nagpapalaki ng pabuya sa maayos na gawa kahit pa man ito ay kaunti.

Ang tiwaling layunin ay nakasisira sa maayos na gawa at nag-aalis ng gantimpala nito.

6. Ang Pagsunod sa Propeta

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Nagpauso: umimbento.

Nauukol sa amin: nauukol sa Relihiyon.

Tatanggihan: tatanggihan.

Ang Tagapagsalaysay:

Ang ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah bint Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq, maybahay ng Propeta.

6. Ang Pagsunod sa Propeta

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagkabawal sa pagpapauso o pagimbento sa Relihiyon.

Ang hindi pagtanggap ng mga gawain na walang batayan sa Batas ng Islam.

7. Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Mag-alaala ka kay Allāh, mag-aalaala Siya sa iyo. Mag-alaala ka kay Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humiling ka, humiling ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay ay hindi magpapakinabang sa iyo kundi sa pamamagitan ng isang bagay na itinakda na ni Allāh para sa iyo at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay ay hindi pipinsala sa iyo kundi sa pamamagitan ng isang bagay na itinakda na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Sa dako mo: tutulungan ka Niya sa kabutihan.

Iniangat ang mga panulat: naitala ang mga naitakda.

Ang Tagapagsalaysay:

`Abdullāh bin `Abbās bin `Abdilmuṭṭalib, Anak ng Tiyuhin ng Propeta.

7. Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Binigyan siya ng masasaklaw sa mga pananalita.

Ang kahalagahan ng pagtuturo ng `aqīdah sa mga bata.

Ang pagkakailangan ng pagtuon ng panalangin kay Allāh – tanging sa Kanya.

8. Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Magsabi ka: Sumampalataya ako kay Allāh, pagkatapos magpakatuwid ka."

Kabilang sa mga kahulugan ng mga pananalita:

Magpakatuwid ka: mamalagi ka sa paggawa ng mga pagtalima at pag-iwas sa mga pagsuway.

Batay sa tagapagsalaysay:

Abū `Amrah Sufyān bin `Abdillāh Ath-Thaqafīy.

8. Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagkakinakailangan ng pagpapakatuwid sa pamamagitan ng pananatili sa mga pagtalima at paglayo sa mga pagsuway.

Ang pagsisigasig sa pagtamo ng kaalamang napakikinabangan at ang paghiling nito.

9. Ang Pagwaksi sa Pangingialam

Ang Teksto ng Ḥadīth:

"Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagwaksi niya ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya."

Ang Tagapagsalaysay:

Abū Hurayrah `Abdurrahmān bin Ṣakhr Ad-Dawsīy.

9. Ang Pagwaksi sa Pangingialam

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Kabilang sa mahihinuha mula sa marangal na ḥadīth:

Ang pagwaksi ng Muslim sa anumang hindi pumapatungkol sa kanya ay mangangalaga sa kanya ng Relihiyon niya.

Ang pagwaksi sa kawalang-kapararakan at pangingialam ay isang patunay sa kalubusan ng pagkaanib sa Islām at katinuan.

Ang paghimok sa paggugol ng oras sa anumang makapagdudulot sa Muslim ng pakinabang.

Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakaran

1. Ang Pinahihintulutang Hanapbuhay at ang Bawal na Hanapbuhay

A. Ang Pinahihintulutang Hanapbuhay

Ang Kainaman ng Ipinahihintulot na Hanapbuhay:

Ang kaligayahan sa Mundo at ang tagumpay sa Kabilang-buhay.

Ang pagpupunyagi sa Hanapbuhay ay isang pampalapit-loob kay Allāh.

Ang pagpipigil sa paggawa ng bawal.

1. Ang Pinahihintulutang Hanapbuhay at ang Bawal na Hanapbuhay

B. Ang Bawal na Hanapbuhay

Kabilang sa mga pamamaraan ng Hanapbuhay na hindi isinasabatas:

Ang pandaraya at ang panggagantso.

Ang panloloko.

Ang pag-iimbak (hoarding).

Ang panunuhol.

Ang pagbebenta ng bawal o ang pagtanggap ng upa dahil dito.

2. Ang mga Patakaran ng Pagbebenta

A. Ang Pamamaraan ng Pagkakadaos ng Pagbebenta:

Ang pagkakadaos ng pagbebenta sa pamamagitan ng pagsasabi.

Ang pagkakadaos ng pagbebenta sa pamamagitan ng paggawa (bigayan).

B. Ang mga Kundisyon ng Pagbebenta

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagkalugod ng Nagkokontratahan.

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pag-iisip, ang Pagkawari, at ang Katinuan sa Nagkokontratahan.

2. Ang mga Patakaran ng Pagbebenta

B. Ang mga Kundisyon ng Pagbebenta

Ang Ikatlong Kundisyon: Ang Pagkakamay-ari ng Kinokontrata.

Ang Ikaapat na Kundisyon: Ang Pagkapinapayagan ng Paninda.

Ang Ikalimang Kundisyon: Ang Kaalaman sa Paninda at Halaga.

Ang Ikaanim na Kundisyon: Ang Kakāyahan sa Pag-entrega ng Ibinebenta at Halaga.

3. Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal na Pagbebenta

A. Ang Patubo

Ang mga Uri ng Patubo:

Ang Patubo ng Pagkalabis

Ang Patubo ng Pagkaantala. Ito ay dalawang bahagi.

Pagbebenta ng Dalawang Paninda Mula sa Nag-iisang Uri Kasabay ng Pagpapaliban sa Pagkuha.

Ang Patubo ng mga Utang

3. Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal na Pagbebenta

Ang Patubo sa Kasalukuyang Panahon:

B. Ang mga Pagbebentang Sinasaway:

Ang Pagbebenta ng Muslim Laban sa Pagbebenta ng Kapatid Niya.

Ang Pagbili ng Muslim Laban sa Pagbili ng Kapatid Niya.

Ang Pagbebenta Matapos ng Adhān ng Jumu'ah.

4. Ang Kontrata ng Pagpapaupa

A. Ang Pagbibigay-kahulugan sa Pagpapaupa:

B. Ang Kahatulan sa Pagpapaupa:

C. Ang mga Uri ng Pagpapaupa:

Ang Pagpapaupa Kapalit ng mga Kapakinabangan.

Ang pagpapaupa kapalit ng pagganap ng isang trabahong nalalaman.

4. Ang Kontrata ng Pagpapaupa

D. Ang mga Kundisyon ng Pagpapaupa:

Na ang bagay na pinaupahan ay pinapayagan at ang gawaing inuupahan ay pinapayagan.

Ang pagkakaalam sa kapakinabangan.

Na ang yugto ng pagpapaupa ay nalalaman.

Na ang upa ay nalalaman.

5. Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon

A. Ang Bank Card

Ang Debit Card.

Ang Tarheta ng Pagtitiwala at Ipinagpalibang Kaltas (Credit Card)

B. Ang Segurong

(Insurance) Komersiyal:

C. Ang Segurong Pandamayan (Koooperatiba):

D. Ang Pagbebenta Nang Pahulugan:

E. Ang Kalakalang Digital:

5. Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon:

Ilan sa mga Uri ng Kalakalang Digital:

Ang palitan ng mga paninda at mga produktong pisikal.

Ang palitan ng mga serbisyo.

Ang palitan ng mga paninda at mga produktong digital.

Ang Kahatulan sa Kalakaran Digital:

6. Ang mga Patakaran ng Pag-aasawa

A. Ang Pagkaisinasabatas ng Pag-aasawa:

B. Ang mga Kundisyon ng Katumpakan ng Pag-aasawa:

Ang Unang Kundisyon: Ang Pagkalugod.

Ang Ikalawang Kundisyon: Ang Pagtukoy sa Bawat Isa sa mga Ikinakasal.

Ang Ikatlong Kundisyon: Ang Pagkakaroon ng Walily.

Ang Ikaapat na Kundisyon: Ang Kawalan ng mga Ikakasal ng mga Hadlang:

Ang pagbabawal dahil sa kadahilanan ng kaangkanan o pagpapasuso.

Ang pagbabawal dahil sa kadahilanan ng pagkakaibahan ng relihiyon.

Ang pagbabawal dahil sa kadahilananang pansamantala.

Ang Ikalimang Kundisyon: Ang Pagsaksi.

7. Ang Pagsasamang Pangmag-asawa

A. Ang Karapatan ng Asawa sa Maybahay Niya:

Ang Karapatan sa Pagtalima.

Ang Karapatan sa Pananatili sa Bahay.

Ang Karapatan sa Pag-aaruga.

B. Ang Karapatan ng Maybahay sa Asawa Niya:

Ang Mahr (Dote) o ang Ṣadāq (Bigay-kaya).

Ang Karapatan sa Pagsustento.

Ang Pakikisama Ayon sa Nakabubuti.

7. Ang Pagsasamang Pangmag-asawa

Kabilang sa mga anyo ng kagandahan ng pakikitungo:

Ang pagkadisente, ang pagngiti, at ang pagkaaliwalas ng mukha.

Ang pakikipag-usap sa maybahay, ang pakikipagpalagayang-loob sa kanya, at ang pagkakaloob sa kanya ng isang bahagi ng oras.

Ang pagbubunyi sa mga pangyayari ng pagkagawa ng maganda at pagkahusay ng gawa.

Ang pagpapaumanhin sa mga pagkakamali at ang pagwawalang-bahala sa mga ito.

8. Ang mga Patakarán ng Diborsiyo

Ang Kasanhian ng Pagkaisinasabatas ng Diborsiyo.

Ang Patakarán ng Diborsiyo:

Maging Pinapayagan - Maging Pinipilit -
Maging Bawal - Maging Itinuturing na Kaibig-ibig
- Maging Kinakailangan.

Ang mga Uri ng Diborsiyo:

Ang Diborsiyong Nakababalik.

Ang Diborsiyong Naghihiwalay.

Ang diborsiyong naghihiwalay ay dalawang bahagi: paghihiwalay na maliit - paghihiwalay na malaki.

Ang Diborsiyong Ipinatupad.

Ang Diborsiyong Isinalalay.

9. Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan

A. Ang mga Patakaran sa mga Pagkain at mga Inumin

Ang Batayang Panuntunan sa mga Pagkain at mga Inumin:

Kabilang sa mga Pagkaing Ipinagbabawal:

Ang Maytah (Namatay na Hindi Nakatay) - Ang Munkhaniqah (Nasakal) - Ang Mawqūdhah (Hinambalos) - ang Mutaraddiyah (Nalaglag) - Ang Naṭīḥah (Nasuwag) - Ang Anumang Kinainan ng Mabangis na Hayop - Ang Dugong Ibinubo - Ang Baboy - Ang Anumang Binanggit Dito ang

Pangalan ng Iba pa kay Allah sa Sandali ng Pagkakatatay Nito - Ang Alagang Asno - Ang Bawat May Pangil Kabilang sa mga Mabangis na Hayop - Ang Bawat May kukong pansila Kabilang sa mga Ibon - Ang Jallālah - Ang Anumang Hayop na Ipinag-utos ng Tagapagbatas na Patayin).

9. Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan

Ang Pagpayag sa Pagkain ng mga Ipinagbabawal sa Sandali ng Pagkakailangan:

B. Ang mga Ipinagbabawal Mula sa Damit at Gayak:

Ang mga Kasuutang Naglalantad ng `Awrah - Ang Pagpapakawangis ng Kalalakihan sa Kababaihan o ng Kababaihan sa Kalalakihan - Ang Pagsusuot ng Kalalakihan ng Sutla at Ginto - Ang Pagpapalampas sa Bukungbukong ng Kasuutan ng Lalaki.

10. Ang mga Tagapagpalasing, ang mga Droga, at ang mga Mapanirang Epekto Nito

Ang pag-inom ng alak (tagapagpalasing).

Ang mga droga.

Ang mga Masagwang Epekto ng mga Tagapagpalasing at mga Droga:

Ang paglaho ng isip na inireresulta rito ang pagbabanta sa mga individuwal at mga lipunan.

Mga katiwalian sa limang pagkakailangan.

Nagdadahilan ang mga ito ng maraming suliraning pangkalusugan.

Ang pagwawaldas ng salapi at paggugol nito sa ipinagbawal ni Allāh.

Ang Ikalimang Yunit: Ang Pag-aanyaya

Ang Pag-aanyaya

1. Ang kahalagahan ng pag-aanyaya tungo kay Allāh.

A. Ang Konsepto ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

B. Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

C. Ang Kainaman ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh.

Ang pag-aanyaya ay misyon ng mga sugo.

Ang tagapag-anyaya ay ang pinakamaganda sa mga tao sa pananalita.

Ang pag-aanyaya ay landas ng pagtamo at tagumpay.

Ang bigat ng pabuya sa tagapag-anyaya.

Ang pag-aanyaya ay isang kadahilanan ng kaligtasan mula sa kapahamakan.

2. Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta sa Makkah.

Ang mga Panimula ng Pag-aanyaya at ang Simula Nito.

Ang Palihim na Pag-aanyaya.

Ang Paghahayag ng Pag-aanyaya.

Ang Saloobin ng mga Tagapagtambal sa Pag-aanyaya.

Ang Saloobin ng Propeta sa Pamemerhuwisyo ng mga Tagapagtambal.

Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Ṭā'if.

Ang Pag-aanyaya sa mga Mamamayan ng Madīnah sa Panahon ng Ḥajj.

Ang Paglikas sa Madīnah.

3. Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta sa Makkah.

Ang Papel ng Masjid sa Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang Paggawa Para sa Katatagan ng Kapaligiran ng Pag-aanyaya

Ang Papel ng mga Paghaharap na Pangmilitar sa Pagsasanggalang sa Pag-aanyaya.

(Ang Pagsalakay sa Badr - Ang Pagsalakay ng Angkan ng Qaynuqā` - Ang Pagsalakay sa Uḥud - Ang Pagsalakay ng Angkan ng An-Naḍīr - Ang Pagsalakay sa Angkan ng Qurayḍah - Ang Pagsalakay sa Al-Ḥudaybiyah - Ang Pagsalakay sa Khaybar - Ang Pagsakop sa Makkah - Ang Pagsalakay sa Ḥunayn)

Ang Paglaganap ng Pag-aanyaya Matapos ng Tagumpay ng Paghaharap ng Pangmilitar.

Ang Pagpanaw ng Propeta.

4. Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Ang Tungkulin ng mga Propeta at mga Sugo.

Ang Pag-uutos ni Allāh ng Dalawang Ito.

Ang Bigat ng Pabuya Dahil sa Dalawang Ito.

Kabilang sa mga Katangian ng mga Mananampalataya.

Kabilang sa mga Kaparaanan ng Pagbibigay-kapangyarihan sa Kalipunang Islām.

Ang Isa sa mga Pinto ng Pakikibaka sa Landas ni Allāh.

Isang Landas ng Kaligtasan at Pagpawi ng Pagdurusa.

5. Ang fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.

Una: Ang mga Panuntunan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama:

Ang kapahayagan ay ang nagtatakda ng nakabubuti at nakasasama.

Ang hindi pagmamasama sa mga usapin ng ijtihād.

Ang paglitaw ng nakasasama.

6. Ang pagpapakatiyak sa pagkaganap ng nakasasama.

Ang pagsasaalang-alang sa mga kapakanan at mga katiwalian.

Ikalawa: Ang mga antas ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama:

Unang Antas. Ang pagbago sa nakasasama sa pamamagitan ng kamay.

Ikalawang Antas: Ang pagbago sa nakasasama sa pamamagitan ng dila.

Ikatlong Antas. Ang pagbago sa nakasasama sa pamamagitan ng puso.

Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway ng Nakasasama.

Ang pagpapakawagas ng layunin para kay Allāh.

Ang kaalaman sa reyalidad ng anumang ipinag-uutos o sinasaway.

Ang paggawa ng ipinag-uutos at ang pag-iwas sa sinasaway.

7. Ang Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama

Ang kabaitan, ang kabanayaran, at ang pagwaksi sa kagaspangan.

Ang Pag-uunti-unti sa Pagsunod ng mga Sumusunod na Hakbang:

- A. Ang Pagpapakilala sa Kamalian.
- B. Ang Pangangaral at ang Pagpapayo Nang Palihim.
- C. Ang Pagpapagaspang ng Pagsasabi.
- D. Ang Pag-iwan at ang Pagboykoteo.
- E. Ang Pagparusa sa Nagkakamali.

Index

Ang Panimula	5
Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	9
Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān.....	9
Ang Ikalawang Aralin: Ang Pakahulugan ng Sūrah Al-Fātiḥah	17
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn	27
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad.....	38
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Ikhlāṣ, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās	48
Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak	61
Ang Unang Aralin: Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito.....	61

Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito	69
Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito.....	79
D. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.....	88
E. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito.....	96
F. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito.....	107
Ang Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta	112
Ang Unang Aralin: Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang pinakamahalaga sa mga Katangian Niya	112
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	124

Ang Ikatlong Aralin: Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.....	131
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Panakip ng mga Pagkakasala.....	138
Ang Ikalimang Aralin: Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh.....	146
Ang Ikaanim na Aralin: Pitong Maglililim sa kanila si Allāh sa Lilim Niya	153
Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakaran.....	163
Ang Unang Aralin: Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍū'	163
Ang Ikalawang Aralin: Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang.....	169
Ang Ikatlong Aralin: Ang Ghusl	175
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Ṣalāh	181
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh.....	188
Ang Yunit ng Fiqh ng mga Kaasalan	196

Ang Unang Aralin: Ang Etiketa ng Pagkain at Paginom	196
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam	202
Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon	210
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan.....	217
Ang Panimula	225
Ang Yunit ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	242
Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān.....	242
Ang Ikalawang Aralin: Ang Sūrah Al-Fātiḥah....	249
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn	254
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Sūrah An-Naṣr at Ang Sūrah Al-Masad.....	261
Ang Ikalimang Aralin:.....	267
Ang Ikalimang Aralin.....	267

Ang Yunit ng Pananampalataya at Pagbubusilak	273
Ang Unang Aralin: Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito.....	273
Ang Ikalawang Aralin: Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito	279
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito	287
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at mga Epekto Nito	296
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito	305
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at mga Epekto Nito	312
Yunit ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta	320

Ang Unang Aralin: Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at ang Pinakamahalaga sa mga Katangian Niya	320
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	330
Ang Ikatlong Aralin: Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Marangal na Qur'ān.....	336
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Tagatakip-sala sa mga Pagkakasala.....	342
Ang Ikalimang Aralin: Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh.....	352
Ang Ikaanim na Aralin: Pitong [Uri ng Tao na] Maglililim sa Kanila si Allāh sa Lilim Niya.....	361
Ang Yunit ng Fiqh ng mga Patakarán.....	368
Ang Unang Aralin: Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍū'	368
Ang Ikalawang Aralin: Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang.....	375

Ang Ikatlong Aralin: Ang Ghusl	385
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Ṣalāh	391
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh.....	398
Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Kaasalan	405
Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa sa Pagkain at Pag-inom	405
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam	412
Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Etiketa ng at Pagtitipon.....	419
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan.....	426
Ang Panimula	436
Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	453
Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.....	453

Ang Ikalawang Aralin: Ang Marangal na Muṣḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito	459
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Āyatulkursīy.....	467
Ang Pagpapakahulugan Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aṣr.....	472
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Humazah at Sūrah Al-Fīl.....	478
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn.....	484
Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak	490
Ang Unang Aralin: Ang Kalamangan ng Tawḥīd at ang Kahalagahan Nito	490
Ang Ikalawang Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon.....	496
Ang Ikatlong Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos	503

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian.....	510
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito	518
Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito.....	524
Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito	530
Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta.....	537
Ang Unang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya.....	537
Ang Ikalawang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Kaugnay sa mga Kapit-bahay Niya	545
Ang Ikatlong Aralin: Ang Patnubay ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pakikitungo sa mga Bata.....	553

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa Pakikitungo sa Hindi mga Muslim	559
Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Karapatan ng Muslim.....	568
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak	574
Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkaawa at ang Paggalang.....	581
Ang Ikawalong Aralin: Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin.....	589
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Balanse at ang Kaigihan.....	597
Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakaran.....	605
Ang Unang Aralin: Ang mga Patakaran ng Wudū'	605
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh.....	613
Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Haligi ng Ṣalāh at mga Kinakailangan sa mga Ito.	620

Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito	628
Ang Ikaliwang Aralin: Ang Ṣalāh sa Jamā`ah (Konggregasyon).....	636
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes)	643
Ang Ikapitong Aralin: Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob.....	650
Ang Ikawalong Aralin: Ang Zakāh	659
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pag-aayuno	667
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ḥajj	674
Ang Larangan ng mga Etiketa at mga Kaasalan	681
Ang Unang Aralin: Ang Kagandahan ng Kaasalan	681
Ang Ikalawang Aralin: Ang Katangian ng Katapatan.....	689
Ang Ikatlong Aralin: Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)	697

Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katangian ng Pagtitiis	703
Ang Ikalimang Aralin: Ang Katangian ng Pagkahiya	711
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Katangian ng Katarungan	718
Ang Larangan ng Pag-aanyaya	725
Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Pagpapayo	725
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapayo	732
Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	757
Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Qur'ān at Pagtuturo Nito	757
Ang Ikalawang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah	763

Ang Ikatlong Araling: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, Sūrah At-Tīn	770
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Alaq at Sūrah Al-Qadr	778
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah	785
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah	791
Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak	798
Ang Unang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Kufr at ang Shirk)	798
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Nifāq at ang Riddah)	807
Ang Ikatlong Aralin: Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito	814
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kainaman ng Pagbubusilak ng Sarili.....	821

Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Paraan ng Pagbubusilak ng Sarili.....	827
Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Gawain ng mga Puso.....	833
Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta.....	840
Ang Unang Aralin: Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	840
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila	847
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya	854
Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan (Ang Pagkalugod ni Allāh ay Sumakanilang Lahat) at ang mga Karapatan Nila	861
Ang Ikalimang Aralin: Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito.....	869

Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagkakinakailangan ng Pagsunod sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	875
Ang Ikapitong Aralin: Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās.....	881
Ang Ikawalong Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid.....	890
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pagwaksi sa Pangingialam	897
Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakaran.....	905
Ang Unang Aralin: Ang Pinahihintulutang Pagkita at ang Bawal na Pagkita.....	905
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Patakaran ng Pagbebenta.....	914
Ang Ikatlong Aralin: Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal ng Pagbebenta.....	923
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kontrata ng Pagpapaupa.....	932

Ang Ikalimang Aralin: Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon.....	940
Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Patakaran ng Pag-aasawa.....	948
Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagsasamang Pangmag-asawa.....	955
Ang Ikawalong Aralin: Ang mga Patakaran ng Diborsiyo.....	961
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan	969
Ang Ikasampung Aralin: Ang mga Tagapagpalasing at ang mga Droga at ang mga Nakawawasak na Epekto ng mga Ito	975
Ang Larangan ng Pag-aanyaya.....	983
Ang Unang Aralin: Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya at ang Kainaman Nito	983
Ang Ikalawang Aralin: Ang Buod ng Paanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Makkah	989

Ang Ikatlong Aralin: Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Madīnah	997
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama..	1003
Ang Ikalimang Aralin: Ang Fiqh ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama.....	1008
Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama	1015
Ang Pagpapanimula	1024
Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	1028
Ang Unang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.....	1028
Ang Ikalawang Aralin: Ang Marangal na Muṣḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito	1034
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Āyatul kursīy.....	1039

Ang Paglilinaw Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aşr	1047
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fīl at Sūrah Al-Humazah.....	1059
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn.....	1071
Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak	1083
Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Tawḥīd at ang Katayuan Nito	1083
Ang Ikalawang Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon.....	1091
Ang Ikatlong Aralin: Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos	1100
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Tawḥīd ng mga Pangalan at mga Katangian.....	1108
Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito	1115

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito.....	1123
Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito	1132
Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta.....	1141
Ang Unang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya	1141
Ang Ikalawang Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kapitbahay Niya	1150
Ang Ikatlong Aralin: Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata.....	1158
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa Pakikitungo sa Hindi mga Muslim	1168
Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Karapatan ng Muslim.....	1177
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak	1185

Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagkaawa at ang Paggalang.....	1192
Ang Ikawalong Aralin: Ang Pagpaparangal sa Kapitbahay at Panauhin	1199
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Balanse at ang Kaigihan.....	1206
Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakaran.....	1213
Ang Unang Aralin: Ang mga Patakaran ng Wudū'	1213
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh.....	1222
Ang Ikatlong Aralin: Ang mga Haligi ng Ṣalāh at ang mga Kinakailangan sa mga Ito.....	1230
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito	1238
Ang Ikaliwang Aralin: Ang Ṣalāh sa Jamā`ah (Kongregasyon).....	1245
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes)	1252

Ang Ikapitong Aralin: Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob.....	1259
Ang Ikawalong Aralin: Ang Zakāh	1265
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pag-aayuno	1276
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ḥajj	1283
Ang Larangan ng mga Etiketa at mga Kaasalan	1290
Ang Unang Aralin: Ang Kagandahan ng Kaasalan	1290
Ang Ikalawang Aralin: Ang Katangian ng Katapatan.....	1297
Ang Ikatlong Katapatan: Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)	1305
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Katangian ng Pagtitiis	1312
Ang Ikalimang Aralin: Ang Katangian ng Pagkahiya	1320
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Katangian ng Katarungan.....	1326

Ang Larangan ng Pag-aanyaya.....	1335
Ang Unang Aralin: Ang Katayuan ng Pagpapayo	1335
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Etiketa ng Pagpapayo	1344
Ang Panimula	1356
Ang Larangan ng Qur'ān at Pagpapakahulugan	1361
Ang Unang Aralin: Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Marangal na Qur'ān at Pagtuturo Nito.....	1361
Ang Ikalawang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah	1367
Ang Ikatlong Araling: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Ad-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, At-Tīn (Dalawang Klase).....	1378
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-'Alaq at Sūrah Al-Qadr	1396

Ang Ikalimang Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah (Dalawang Klase)	1411
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-`Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah	1427
Ang Larangan ng Pananampalataya at Pagbubusilak	1442
Ang Unang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Kufr at ang Shirk)	1442
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Tagasira ng Tawḥīd (ang Nifāq at ang Riddah)	1452
Ang Ikatlong Aralin: Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito	1458
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili	1466
Ang Ikalimang Aralin: Ang mga Paraan ng Pagbubusilak sa Sarili	1474
Ang Ikaanim na Araling: Ang mga Gawain ng mga Puso	1485

Ang Larangan ng Sunnah at mga Katangian ng Propeta.....	1495
Ang Unang Aralin: Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	1495
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila	1505
Ang Ikatlong Aralin: Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya	1516
Ang Ikaapat na Aralin: Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan (Malugod si Allāh sa Kanila) at ang mga Karapatan Nila.....	1528
Ang Ikalimang Aralin: Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito.....	1540
Ang Ikaanim na Aralin: Ang Pagkakinakailangan ng Pagsunod sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	1549

Ang Ikapitong Aralin: Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās.....	1555
Ang Ikawalong Aralin: Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid.....	1562
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Pagwaksi sa Pangingialam	1569
Ang Larangan ng Fiqh ng mga Patakaran.....	1576
Ang Unang Aralin: Ang Pinahihintulutang Pagkita at ang Bawal na Pagkita.....	1576
Ang Ikalawang Aralin: Ang mga Patakaran ng Pagbebenta.....	1584
Ang Ikatlong Aralin: Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal ng Pagbebenta.....	1591
Ang Ikaapat na Aralin: Ang Kontrata ng Pagpapaupa.....	1599
Ang Ikalimang Aralin: Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon.....	1605

Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Patakaran ng Pag-aasawa.....	1615
Ang Ikapitong Aralin: Ang Pagsasamang Pangmag-asawa	1621
Ang Ikawalong Aralin: Ang mga Patakaran ng Diborsiyo.....	1630
Ang Ikasiyam na Aralin: Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan .	1637
Ang Ikasampung Aralin: Ang mga Tagapagpalasing at ang mga Droga	1647
Ang Larangan ng Pag-aanyaya.....	1653
Ang Unang Aralin: Ang Kahalagahan ng Pag-aanyaya at ang Kainaman Nito	1653
Ang Ikalawang Aralin: Ang Buod ng Pag-anyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Makkah	1661
Ang Ikatlong Aralin: Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Madīnah	1672

Ang Ikaapat na Aralin:	1684
Ang Ikalimang Aralin: Ang Fiqh ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama.....	1696
Ang Ikaanim na Aralin: Ang mga Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama	1704
Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan	1712
1. Ang Katayuan ng Marangal na Qur'ān.....	1712
2. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Fātiḥah	1713
Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Kawthar at Sūrah Al-Kāfirūn.....	1715
Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah An-Naṣr at Sūrah Al-Masad.....	1716
5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās.....	1717
Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak.....	1718

1. Ang Pananampalataya at ang Kahalagahan Nito	1718
1. Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito.....	1719
2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito.....	1720
3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.....	1721
4. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito.....	1722
5. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito.....	1723
Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta.....	1725
1. Ang Pagpapakilala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) at Pinakamahalaga sa mga Katangian Niya.....	1725

2. Ang mga Kakanyahan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Mundo at Kabilang-buhay.....	1727
3. Ang Kainaman ng Pagbabasa ng Qur'ān.....	1728
4. Ang mga Panakip-sala ng mga Pagkakasala	1729
5. Ang Kagandahan ng Palagay kay Allāh	1730
6. Pitong Maglililim sa Kanila si Allāh sa Lilim Niya	1732
Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakaran	1733
1. Ang Ṭahārah at ang Pamamaraan ng Wuḍu'	1733
2. Ang Tayammum at ang Pagpahid sa mga Harang	1734
3. Ang Ghusl	1736
4. Ang Kalagayan ng Ṣalāh	1736
5. Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh	1737

Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Kaasalan	1738
1, Ang mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom ...	1738
2. Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam.....	1738
Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap at Pagtitipon	1739
4. Ang mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan.....	1740
Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan.....	1742
1. Ang mga Etiketa ng Pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.....	1742
2. Ang Marangal na Muṣḥaf at ang mga Etiketa ng Pakikitungo Rito.....	1742
3. Ang Pagpapakahulugan sa Āyatulkursīy.....	1743
4. Ang Pagpapakahulugan Sūrah At-Takāthur at Sūrah Al-`Aṣr.....	1744
5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Humazah at Sūrah Al-Fīl.....	1745

6. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Quraysh at Sūrah Al-Mā`ūn	1746
Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagpapabusilak	1747
1. Ang Kainaman ng Tawḥīd at ang Katayuan Nito	1747
2. Ang Tawḥīd ng Pagkapanginoon.....	1748
3. Ang Tawḥīd ng Pagkadiyos	1749
4. Ang Tawḥīd sa mga Pangalan at mga Katangian	1750
5. Ang Pagsamba at ang mga Bahagi Nito.....	1751
6. Ang mga Kundisyon ng Pagsamba at mga Haligi Nito	1752
7. Ang Pagkadagdag ng Pananampalataya at ang Pagkabawas Nito.....	1753
Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta.....	1754
1. Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kamag-anak Niya	1754

Ang Patnubay ng Propeta Kaugnay sa mga Kapit- bahay Niya.....	1755
3. Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Bata.....	1755
4. Ang Patnubay ng Propeta sa Pakikitungo sa mga Hindi Muslim	1757
5. Ang mga Karapatan ng Muslim.....	1757
6. Ang Kainaman ng Pagpapanatili ng Ugnayan sa Kaanak.....	1758
7. Ang Pagkaawa at ang Paggalang	1759
8. Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay at Panauhin	1760
9. Ang Balanse at ang Kaigihan.....	1761
Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakarán	1762
1. Ang mga Patakarán ng Wuḍū'	1762
2. Ang mga Kundisyon ng Pagsasagawa ng Ṣalāh	1764

3. Ang mga Haligi ng Ṣalāh at ang mga Kinakailangan sa mga Ito.....	1764
4. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh at ang mga Tagapagpawalang-saysay Nito.....	1766
5. Ang Ṣalāh sa Jamā`ah	1768
6. Ang Ṣalāh sa Jumu`ah.....	1768
7. Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob	1769
8. Ang Zakāh.....	1770
9. Ang Pag-aayuno	1771
10. Ang Ḥajj	1773
Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Etiketa at ang mga Kaasalan	1774
1. Ang Kagandahan ng Kaasalan	1774
2. Ang Katangian ng Katapatan	1774
3. Ang Katangian ng Pagkamapagkakatiwalaan (Amānah)	1775
4. Ang Katangian ng Pagtitiis.....	1776
5. Ang Katangian ng Pagkahiya	1777
6. Ang Katangian ng Katarungan	1778

Ang Ikaanim na Yunit: Ang Pag-aanyaya.....	1779
1. Ang Katayuan ng Pagpapayo	1779
2. Ang mga Etiketa ng Pagpapayo	1780
Ang Unang Yunit: Ang Qur'ān at ang Pagpapakahulugan.....	1781
1. Ang Kainaman ng Pagkatuto ng Qur'ān at Pagtuturo Nito.....	1781
2. Ang Pagpapakahulugan sa mga Pangwakas ng Sūrah Al-Baqarah.....	1782
3. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā, Sūrah Ash-Sharḥ, Sūrah At-Tīn.....	1783
4. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-'Alaq at Sūrah Al-Qadr.....	1784
5. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-Bayyinah at Sūrah Az-Zalzalah	1785
6. Ang Pagpapakahulugan sa Sūrah Al-'Ādiyāt at Sūrah Al-Qāri`ah.....	1786
Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak.....	1787

1. Ang Kufr at ang Shirk.....	1787
2. Ang Nifāq (Pagpapaimbabaw) at ang Riddah (Pagtalikod sa Islam).....	1788
3. Ang Bid`ah at ang mga Uri Nito.....	1789
4. Ang Kahalagahan ng Pagbubusilak sa Sarili	1790
5. Ang mga Paraan ng Pagbubusilak sa Sarili	1790
6. Ang mga Gawain ng mga Puso	1791
Ang Ikatlong Yunit: Ang Sunnah at ang mga Katangian ng Propeta.....	1791
1. Ang mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan).....	1791
2. Ang mga Kainaman ng Sambahayan ng Propeta at ang mga Karapatan Nila	1792
3. Ang Pagpapasidhi at ang Pagpapabaya sa mga Karapatan ng Propeta at Sambahayan Niya...	1794
4. Ang mga Kainaman ng mga Kasamahan at ang mga Karapatan Nila.....	1794
5. Ang Layunin at ang Kahalagahan Nito	1795

6. Ang Pagsunod sa Propeta.....	1797
7. Ang Tagubilin ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) kay Ibnu `Abbās.....	1798
8. Ang Kahalagahan ng Pagpapakatuwid.....	1799
9. Ang Pagwaksi sa Pangingialam.....	1800
Ang Ikaapat na Yunit: Ang Fiqh ng mga Patakarán	1801
1. Ang Pinahihintulutang Hanapbuhay at ang Bawal na Hanapbuhay	1801
2. Ang mga Patakarán ng Pagbebenta.....	1802
3. Ang Patubo at ang mga Ipinagbabawal na Pagbebenta.....	1803
4. Ang Kontrata ng Pagpapaupa.....	1804
5. Ilan sa mga Kontemporaryong Transaksiyon	1805
6. Ang mga Patakarán ng Pag-aasawa	1806
7. Ang Pagsasamang Pangmag-asawa.....	1806
8. Ang mga Patakarán ng Diborsiyo.....	1807

9. Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain, mga Inumin, at mga Kasuutan	1808
10. Ang mga Tagapagpalasing, ang mga Droga, at ang mga Mapanirang Epekto Nito	1809
Ang Ikalimang Yunit: Ang Pag-aanyaya	1810
1. Ang kahalagahan ng pag-aanyaya tungo kay Allāh.	1810
2. Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta sa Makkah.....	1811
3. Ang Buod ng Pag-aanyaya ng Propeta sa Makkah.....	1812
4. Ang Katayuan ng Pag-uutos ng Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama.....	1812
5. Ang fiqh ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.	1813
6. Ang pagpapakatiyak sa pagkaganap ng nakasasama.....	1813
7. Ang Etiketa ng Tagapag-utos ng Nakabubuti at Tagasaway sa Nakasasama	1814

tl336v1.0 - 04/09/2026